*MAAARI MONG MAUNAWAAN ANG BIBLIYA*

# MGA AWIT: ANG IMNO NG ISRAEL

BOB UTLEY
PROPESOR NG HERMENEUTICS
(BIBLE INTERPRETATION)

KALIPUNAN NG KOMENTARYONG GABAY SA PAG-AARAL
LUMANG TIPAN, VOL. 9B

BIBLE LESSONS INTERNATIONAL
MARSHALL, TEXAS
2013

**www.BibleLessonsIntl.com**
**www.freebiblecommentary.org**

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


Maikling mga Paliwanag sa mga Teknikal na mga Pinagkulunang Gamit sa Kalipunan ng Komentaryo sa Lumang Tipan ... i

Maikling mga Pakahulugan ng Hebreong Anyo ng Pandiwa na may Epekto sa Exegesis ... iii

Mga Pagdadaglat na Ginamit sa Komentaryong ito ... x

Isang Pananalita mula sa May-Akda: Paano Makakatulong ang Komentaryong ito Sa'yo? ... xii

Isang Gabay para sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya: Isang Pansariling Paghahanap ... xv

Panimula sa Hebreong Panulaan ... xxiv

Panimula sa mga Awit ... 1

Aklat Isa (Awit 1-41)

Awit 1 ... 9

Awit 2 ... 27

Awit 3 ... 42

Awit 4 ... 47

Awit 5 ... 55

Awit 6 ... 62

Awit 7 ... 66

Awit 8 ... 76

Awit 9 ... 83

Awit 10 ... 95

Awit 11 ... 101

Awit 12 ... 108

Awit 13 ... 118

Awit 14 ... 122

Awit 15 ... 128

Awit 16 ... 131

Awit 17 ... 138

Awit 18 ... 145

Awit 19 ... 160

Awit 20 ... 171

Awit 21 ... 179

Awit 22 ... 184

Awit 23 ... 196

Awit 24 . . . 202
Awit 25 . . . 208
Awit 26 . . . 217
Awit 27 . . . 225
Awit 28 . . . 233
Awit 29 . . . 239
Awit 30 . . . 247
Awit 31 . . . 256
Awit 32 . . . 265
Awit 33 . . . 271
Awit 34 . . . 278
Awit 35 . . . 287
Awit 36 . . . 296
Awit 37 . . . 301
Awit 38 . . . 317
Awit 39 . . . 325
Awit 40 . . . 332
Awit 41 . . . 341
Awit 42 . . . 347
Awit 43 . . . 353
Awit 44 . . . 357
Awit 45 . . . 367
Awit 46 . . . 374
Awit 47 . . . 380
Awit 48 . . . 385
Awit 49 . . . 391
Awit 50 . . . 400
Awit 51 . . . 419
Awit 52 . . . 432
Awit 53 . . . 438
Awit 54 . . . 440
Awit 55 . . . 444
Awit 56 . . . 451

Awit 57 . . . . . 456
Awit 58 . . . . . 461
Awit 59 . . . . . 465
Awit 60 . . . . . 472
Awit 61 . . . . . 477
Awit 62 . . . . . 482
Awit 63 . . . . . 487
Awit 64 . . . . . 491
Awit 65 . . . . . 501
Awit 66 . . . . . 508
Awit 67 . . . . . 517
Awit 68 . . . . . 521
Awit 69 . . . . . 536
Awit 70 . . . . . 545
Awit 71 . . . . . 548
Awit 72 . . . . . 556
Awit 73 . . . . . 564
Awit 74 . . . . . 574
Awit 75 . . . . . 583
Awit 76 . . . . . 589
Awit 77 . . . . . 595
Awit 78 . . . . . 602
Awit 79 . . . . . 616
Awit 80 . . . . . 622
Awit 81 . . . . . 628
Awit 82 . . . . . 634
Awit 83 . . . . . 639
Awit 84 . . . . . 645
Awit 85 . . . . . 651
Awit 86 . . . . . 656
Awit 87 . . . . . 664
Awit 88 . . . . . 668
Awit 89 . . . . . 674

Awit 90 . . . 686
Awit 91 . . . 693
Awit 92 . . . 698
Awit 93 . . . 703
Awit 94 . . . 706
Awit 95 . . . 713
Awit 96 . . . 718
Awit 97 . . . 725
Awit 98 . . . 730
Awit 99 . . . 735
Awit 100 . . . 742
Awit 101 . . . 745
Awit 102 . . . 750
Awit 103 . . . 757
Awit 104 . . . 766
Awit 105 . . . 777
Awit 106 . . . 789
Awit 107 . . . 804
Awit 108 . . . 814
Awit 109 . . . 819
Awit 110 . . . 826
Awit 111 . . . 832
Awit 112 . . . 837
Awit 113 . . . 842
Awit 114 . . . 846
Awit 115 . . . 850
Awit 116 . . . 855
Awit 117 . . . 860
Awit 118 . . . 863
Awit 119 . . . 872
Awit 120 . . . 913
Awit 121 . . . 916

Awit 122 . . . 920
Awit 123 . . . 924
Awit 124 . . . 926
Awit 125 . . . 929
Awit 126 . . . 932
Awit 127 . . . 936
Awit 128 . . . 940
Awit 129 . . . 943
Awit 130 . . . 946
Awit 131 . . . 950
Awit 132 . . . 952
Awit 133 . . . 958
Awit 134 . . . 961
Awit 135 . . . 963
Awit 136 . . . 968
Awit 137 . . . 974
Awit 138 . . . 980
Awit 139 . . . 985
Awit 140 . . . 996
Awit 141 . . . 1001
Awit 142 . . . 1006
Awit 143 . . . 1010
Awit 144 . . . 1017
Awit 145 . . . 1023
Awit 146 . . . 1030
Awit 147 . . . 1034
Awit 148 . . . 1039
Awit 149 . . . 1044
Awit 150 . . . 1049
Dagdag na Dahon: Pangdoktrinang Pamamahayag . . . 1051

# MGA NATATANGING PAKSA TALAAN NG MGA NILALAMAN


Ang mga Pangalan para sa Pagka-Diyos, 1:1 .... 12
Mga Salita para sa Kapahayagan ng Diyos, 1:2 .... 16
Katuwiran, 1:5 .... 19
Makilala, 1:6 .... 22
Nasaan ang mga Patay?, 1:6 .... 23
Walang Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH, Mga Kautusang Kontekstuwal, D .... 28
Lupain, Bansa, Mundo, 2:2 .... 30
Ang Mesias, 2:2 .... 31
OT Mga Titulo para sa Espesyal na Paparating, 2:2 .... 31
Ang Diyos na Inilalarawan bilang Isang Tao, 2:4-6 .... 33
Kalangitan, 2:4 .... 34
Ang mga Langit, 2:4 .... 35
Ang Anak ng Diyos, 2:7-9 .... 36
Monoteismo, 2:7 .... 37
Kaligtasan (Salitang OT), 3:7 .... 44
Ang Puso, 4:7 .... 50
Biblikal na Saloobin patungkol sa Alkohol at Pagkagumon sa Alkohol, 4:7 .... 51
Kagandahang-loob (*hesed*), 5:7 .... 57
Anino Bilang Talinghaga para sa Proteksiyon at Pagkalinga, 5:11-12 .... 60
"Ang Pangalan" ni YHWH, .... 60
Ang mga Leon sa OT, 7:2 .... 67
Kamay, 7:3-5 .... 68
Pagsisisi sa Lumang Tipan, 7:12 .... 71
Pagtitiis, 7:12 .... 72
Pagsamba sa Buwan, 8:3 .... 80
Mga Kamangha-manghang Bagay (אלפ(, 9:1 .... 85
Magpakailan man (*'olam*), 9:5 .... 86
Ang Dalawang Aklat ng Diyos, 9:5 .... 88
Hukom, Kahatulan at Katarungan, 9:7-8 .... 89
Mga Katangian ng Diyos ng Israel, 9:10b .... 91
Sinusubok ng Diyos ang Kanyang Bayan, 11:4b-5a .... 103
Sa Araw na Ito, 11:4b-5 .... 104
Apoy, 11:6b .... 105
Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapanan sa Lupang Tipan, 12:1 .... 109
Simbolikong mga Bilang sa Banal na Kasulatan, 12:7 .... 114
Mga Karumaldumal, 14:1 .... 123
Israel (ang pangalan), 14:7 .... 126
Mga Banal (Pinagpala), 16:3 .... 133

Querubin, 18:10 .......... 150
Walang Kasalanan, Inosente, Walang Sala, Walang Kasiraan, 18:20-24 .......... 152
Kaluwalhatian, 19:1 .......... 162
Inspirasyon, 19:7-9 .......... 165
Pangtubos/Katubusan, 19:14 .......... 167
Araw (*Yom*), 20:1 .......... 172
Pagmamapuri o Kayabangan, 20:7 .......... 176
Walang Saysay, Walang Kabuluhan, Walang Katotohanan, Walang Halaga (BDB 996), 24:4 .......... 205
Kasunduan (Tipan), 25:10 .......... 212
Eleksyon/Predestinasyon at ang Pangangailangan par sa Teolohikong Pagtimbang, 25:12 .......... 214
Ang Muling Pagkabuhay, Awit 26 Mga Kaunawaang Kontekstwal .......... 218
Apostasya o Pagtalikod sa Pananampalataya, 26:8-12 .......... 221
Ang mga Anak na Lalake ng Diyos sa Genesis 6, 29:1 .......... 241
Ang Pagpapagaling ba ay Plano ng Diyos sa Bawat Panahon?, 30:2 .......... 248
Ano ang Kasalanang patungo sa Kamatayan? 30:5 . .......... 250
Mga Kagawian sa Pagdadalamhati, 30:11 .......... 254
Hininga, Hangin, Espiritu, 31:5 .......... 259
Ang Anghel ng Panginoon, 34:7 .......... 281
Bakit ang Pangyayari sa Wakas ng Panahon ay Pinagtatalunan, Awit 37 Kaunawang Kontekstwal .... 302
Satanas, 38:20 .......... 322
Kubit, 39:5 .......... 328
Amen, 41:13 .......... 345
Mga Naninirahan sa Palestino bago Dumating ang mga Israelita, 44:2 .......... 359
Ang mga Mapagbiyayang Pagkilos ni YHWH sa Israel, 44:26 .......... 365
Mga Sungay na Ginamit ng Israel, 47:5 .......... 383
Paghahandog sa Mesopotamia at Israel at Kanilang Kahalagahan, 50:5 .......... 404
Espiritu sa Bibliya, 51:10 .......... 425
Katiyakan, 51:11b .......... 426
Persona ng Espiritu, 51:11 .......... 428
Ang Trinidad, 51:11 .......... 429
Pantaong Pananalita, 52:2 .......... 434
Ang Pangkasunduang Kinakailangan ni YHWH para sa Israel, 60:1-3 .......... 473
Mabisang Panalangin, 64:1 . .......... 493
Panalanging Namamagitan, 64:1 .......... 494
Panalangin, Walang Limitasyon Subalit Limitado, 64:1 .......... 496
Mga Salita para sa Kapatawaran, 65:3 .......... 503
Iluminasyon (Pagbibigay Liwanag), 66:5 .......... 511
Kanlungan, 71:1 .......... 549
Mapahiya, 71:1 .......... 549
Ang Demonyo sa Lumang Tipan, 72:9 .......... 560

Propesiya sa OT, 74:9 .................................................. 578
Moria, Salem, Jebus, Herusalem, Sion, 76:2 .................................................. 590
Ang Nalalabi, Tatlong Kaunawaan, 76:10 .................................................. 592
Banal, 77:13 .................................................. 600
Mga Tubig, 77:16 .................................................. 600
Mga Kagawian sa Paglilibing, 79:2 .................................................. 618
Mga Kalendaryo ng Ancient Near East, 81:3 .................................................. 630
Mga Pista ng Israel, 81:3 .................................................. 630
Edom at Israel, 83:6 .................................................. 641
Sanlibo (*eleph*), 90:4 .................................................. 689
Mga Termino para sa Ikalawang Pagdating, 96:13 .................................................. 723
Arko ng Kasunduan, 99:1 .................................................. 737
Darating sa mga Ulap, 99:7 .................................................. 739
Inspirasyon, 99:7 .................................................. 739
Iluminasyon, 99:7 .................................................. 739
Mabisang Panalangin, 99:8 .................................................. 740
Panalanging Namamagitan, 99:8 .................................................. 740
Panalangin, Di-limitado ngunit Limitado, 99:8 .................................................. 740
Personal na Kasamaan, 101:3 .................................................. 748
Araw, 102:2 .................................................. 752
Kalangitan, 102:19 .................................................. 754
Kalangitan at ang Ikatlong Langit, 102:19 .................................................. 754
Pagpapagaling, 103:3 .................................................. 759
Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises, 103:7 .................................................. 761
Inspirasyon, 103:7 .................................................. 761
Iluminasyon, 103:7 .................................................. 761
Ang Panulukang Bato, 104:5 .................................................. 770
Ang Kinaroroonan ng Bundok Sinai, 106:19 .................................................. 796
*Molech*, 106:36 .................................................. 801
Mga Anghel at Mga Demonyo, 106:37 .................................................. 801

# Maikling mga Paliwanag sa mga Teknikal na mga Pinagkukunang Ginamit sa Kalipunan ng Kometaryo sa Lumang Tipan

A. Pang-Leksiko

Mayroong maraming napakahusay na mga leksiko na magagamit para sa sinaunang Hebreo.

A. *Hebrew and English Lexicon of the Old Testament* nina Francis Brown, S. R. Driver, at Charles
A. Briggs. Ito ay nakabatay sa Alemang Leksikon ni William Gesenius. Ito ay kilala sa daglat na BDB.

B. *The Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament* nina Ludwig Koehler at Walter Baumgartner, na isinalin ni M. E. J. Richardson. Ito ay kilala sa daglat na KB.

C. *A Concise Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament* ni William L. Holladay at nakabatay sa na taas na Alemang Leksikon.

D. Isang bagong tomo ng teolohikong pag-aaral ng salita ang pinamagatang *The New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, na pinapatnugot ni Willem A. Van Gemeren. Ito ay kilala sa daglat na NIDOTTE.

Kung mayroong napakahalagang pagkakaibang leksiko, ipinapa ang maraming salin sa Ingles (NASB, NKJV, NRSV, TEV, NJB) mula kapwa "salita-para sa-salita" at "dinamikong katumbas" na mga salin (cf. Gordon Fee & Douglas Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 28-44).

B. Pang-gramatika

Ang pang-gramatikong pagkakakilanlan ay kadalasang nakabatay sa *Analytical Key to the Old Testament* ni John Joseph Owen sa apat na bahagi (tomo). Ito ay pinagtutuos sa *Analytical Hebrew and Chaldee Lexicon of the Old Testament* ni Benjamin Davidson.

Isa pang pantulong na pinagkukunan para sa pang-grammatiko and sintaktikong mga katangian na madalas na ginagamit sa mga tomo ng OT na "Maaari Mong Maunawaan ang Bibliya" na kalipunan ay "The Helps for Translators Series" mula sa United Bible Societies. Sila ay pinamagatang "A Handbook on ___________."

C. Pang-teksto

Ako ay nakakatiyak sa inspirasyon ng pangkatinig na tekstong Hebreo (hindi ang Masoretikong mga punto ang mga punang pang-patinig). Gaya ng sa lahag na sinipi sa kamay, ang mga sinaunang teksto, mayroong ilang mga talatang may katanungan. Ito ay madalas na dahilan ng mga sumusunod:

A. *hapax legomenon* (mga salitang minsan lamang ginamit sa Hebreong OT)

B. mga terminong pangkataga (mga salita at mga parirala na mga literal na kahulugan ay hindi magagamit)

C. mga walang katiyakan sa kasaysayan (ang ating kakulangan sa kaalaman patungkol sa sinaunang mundo)

D. ang maraming semitikong pangsemantikong larangan ng mga limitadong talasalitaan ng Hebreo

E. mga suliranin na mauugnay sa mga nahuling mga sinaunang tekstong Hebreo na sinusulat kamay ng mga manunulat

F. mga manunulat na Hebreo na sinanay sa Ehipto na nakaramdam ng kalayaan sa pagbabago ng mga teksto na kanilang sinipi upang maging lubusan at nauunawaan sa kanilang panahon (NIDOTTE, pp. 52-54).

Mayroong maraming pinanggalingan ang mga Hebreong salita at mga teksto sa labas ng tekstwal na tradition ng Masoretiko.

1. Ang Samaritanong Pentateuch
2. Ang Dead Sea Scrolls
3. Ang Nash papyrus (Decalog)
4. Ang Severus scroll (Pentateuch)
5. Ang ilang mga nahuling barya, mga sulat, at ostraca (nabasag na piraso ng di-nainitang mga palayok na ginamit para sa pagsulat) Ngunit para malaking bahagi, walang pamilya ng mga kasulatan sa OT ang tulad ng sa Griyego NT na kasulatan.

Para sa isang mabuting maikling artikulo sa tekstwal na katapatan ng Masoretic Text (A.D. 900's) tingnan ang "The Reliability of the Old Testament Text" ni Bruce K. Waltke sa NIDOTTE, tomo 1, pp. 51-67.

Ang ginamit na tekstong Hebreo ay *Biblia Hebraica Stuttgartensia* (BHS) mula sa German Bible Society, 1997, na nakabatay sa Leningrad Codex (A.D. 1009). Minsan, ang mga sinaunang salin (Griyegong Septuagint, mga Aramaikong Targum, Syriac Peshitta, and Latin Vulgata) ay sinasangguni kung ang Hebreo ay may kalabuan o maliwanag na nakakalito.

## MAIKLING MGA PAKAHULUGAN NG HEBREONG ANYO NG PANDIWA NA MAY EPEKTO SA EXEGESIS O PAG-IINTINDI SA TEKSO

I. Maikling Makasaysayang Pag-unlad ng Hebreo

Ang Hebreo ay bahagi ng Shemitic (Semitic) na pamilya ng timog-kanluran na wika ng Asya. Ang pangalan (ibinigay ng mga makabagong iskolars) ay nagmula sa anak ni Noah, si Shem (cf. Genesis 5:32; 6:10). Ang mga angkan ni Shem ay nakalista sa Genesis 10:21-31 bilang Arabs, Hebreo, Syrians, Arameans, at Assyrians. Sa realidad, ilang mga Semitic na mga wika ang ginamit ng mga bansa na inilista sa lahi ni Ham (cf. Genesis 10:6-14), Canaan, Phoenicia, at Ethiopia.

Ang Hebreo ay bahagi ng hilaga-kanlurang grupo ng mga Semitic na mga wika. Ang mga modernong mga iskolars ay mayroong mga sampol ng sinaunang wikang grupong ito mula sa:

A. Amorite (*Mari Tablets* mula sa 18th siglo B.C. in Akkadian)
B. Canaanite (*Ras Shamra Tablets* mula sa 15th siglo B.C. sa Ugaritic)
C. Canaanite (*Amarna Letters* mula sa 14th siglo B.C. sa Canaanite Akkadian)
D. Phoenician (Hebreo ay gumagamit ng Phoenician alpabeto)
E. Moabite (Mesha na bato, 840 B.C.)
F. Aramaic (opisyal na wika ng Persian Empire ginamit sa Genesis 31:47 [2 mga salita]; Jeremias 10:11; Daniel 2:4b-6; 7:28; Ezra 4:8-6:18; 7:12-26 at sinalita ng mga Hudyo sa unang siglo A.D. sa Palestina)

Ang Hebreong wika at tinawag na "ang labi ng Canaan" sa Isaias 19:18. Ito ay unang tinawag na "Hebreo" sa paunang salita ni Ecclesiasticus (Wisdom ng Ben Sirach) noong 180 B.C. (at ilang ibang naunang mga lugar, cf. *Anchor Bible Dictionary*, vol. 4, pp. 205ff). Ito ay higit na malapit sa Moabite at ang wikang ginamit sa Ugarit. Mga halimbawa ng sinaunang Hebreo na natagpuan sa labas ng Bible ay

1. ang Gezer na kalendaryo, 925 B.C. (isang kasulatan ng batang mag-aaral)
2. Ang Siloam Inscription, 705 B.C. (mga kasulatan sa)
3. Samaritan Ostraca, 770 B.C. (mga tala ng buwis sa basag na palayok)
4. Lachish na mga sulat, 587 B.C. (mga pandigmaang komunikasyon)
5. Maccabean mga barya at selyo
6. Ilang mga teksto ng Dead Sea Scroll
7. Ilang mag bilang ng mga inskripsyon (cf. "Mga wika [Hebreo]," ABD 4:203ff) Ito, ay gaya ng lahat ng Semitic na mga wika, ito ay kinakikitaan ng mga salita na binubuo ng tatlong mga katinig (tatluhang-katinig na ugat). Ito ay isang nababaluktot na lengguwahe. Ang tatlong-ugat na mga katinig ay nagdadala ng pangunahing mga kahulugan ng salita, habang unalpi, hulapi, o panloob na mga karagdagan ay nagpapakita ng sintaktikal na tungkulin (ang mga patinig ay idinagdag sa kalaunan, cf. Sue Groom, *Linguistic Analysis of Biblical Hebreo*, pp. 46-49).

Ang Hebreong bokabularyo ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng prosa at tula. Ang mga salitang kahulugan ay konektado sa pambayan na etimolohiya (hindi pangwika na mga pinagmulan). Ang mga salitang paglalaro at tunog na paglalaroo ay medyo karaniwan (*paronomasia*).

II. Mga Aspeto ng Predikasyon

A. MGA PANDIWA

Ang normal na inaasahang pagkakayos ng salita ay PANDIWA, PANGHALIP, SIMUNO (may

kasamang panuri), LAYON (may kasamang panuri). Ang pangunahing walang lambot na PANDIWA ay ang *Qal*, GANAP, PANLALAKE, PANG-ISAHAN na anyo. Ito ang paraan ng Hebreo at Aramaic na mga leksiko ay inayos. Ang mga PANDIWA ay binago ang tono upang ipakita

1. bilang—Pang-isahan, pangmaramihan, dalawahan

1. kasarian—Panlalake at pambabae (walang neutral)
2. panagano—indikatibo, pasakali, pautos (sa pamamagitan ng analohiya sa modernong kanluraning mga wika, ang relasyon sa aksyon ng realidad)
3. pamanahon (aspekto)
   a. GANAP, na nagpapakita ng natapos, sa pakahulugan ng pasimula, nagpapatuloy, ay nagtatapos ng isang aksyon, Madalas ang anyong ito ay ginamit sa nakalipas na aksyon, ang isang bagay na nangyari. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*, ay nagsasabi "Ang nag-iisang kabuuan ay inilarawan ng isang GANAP ay itinuturing ring tiyak. Ang DI-GANAP ay maaring maglarawan g isang estado bilang posible o ninais, o inaasahan, ngunit ang GANAP ay tinitgina ito bilang aktwal, tunay,a t tiyak" (p. 36).
   S. R. Driver, *A Treatise on the Use of the Tenses in Hebrew*, ay inilarawan ito bilang: "Ang GANAP ay ginagamit upang tukuyin ang mga aksyon sa pagkakamit ng yaong mga nakalatag sa hinaharap, ngunit itinuturing bilang nakadepende sa di-nababagong detereminasyon ng kagustuhan na maaring sabihin na aktwal na nangyari na: kaya ang resolusyon, o kautusan, lalo na ang sa Isang Banal, ay madalas na inihayag sa GANAP na pamanahon" (p. 17, e.g.,, ang makapropetang GANAP).
   Si Robert B. Chisholm, Jr. Mula sa Exegesis to Exposition, ipinaliwanag ang pandiwang ito sa ganitong paraan:
   ". . .tinitignan ang sitwasyon mula sa labas, bilang kabuuan. Bilang ganyan ito ay nagpapahayag ng isang simpleng katotohanan, maging ito man ay isang aksyon o estado (kasama na ang estado ng pagkatao o isipan). Kapag ginamit bilang mga aksyon, madalas na tinitignan nito ang aksyon bilang kompleto mula sa retorikal na punto ng nagsasalita o nagsasalaysay (maging ito o ito ay hindi kompleto sa katotohanan o realidad ay hindi ang punto). Ang GANAP ay maaring tumukoy sa isang aksyon/estado ng nakalipas, pangkasalukutan o panghinaharap. Bilang pagpuna sa itaas, panahong saklaw, na nakakaimpluwesnya kung paano ang isa ay isinasalin ang GANAP patungo sa pamanahong-naaangkop na wika gaya ng Englis, ay dapat na madetermina mula sa konteksto" (p. 86).
   b. DI-GANAP, na nagpapakita ng isang aksyon na nasa progreso (di-kompleto, paulit-ulit, nagpapatuloy, o walang-katiyakan), madalas ay paggalaw tungo sa isang tunguhin. Madalas ang anyong ito ay ginamit sa Pangkasalukuyan at Panghinaharap na aksyon. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebreo Old Testament*, says "Lahat ng DI-GANAP ay kumakatawan sa di-kompletong mga estado. Sila ay alinmang paulit-ulit o nagbabago o walang katiyakan. Sa ibang salita, o bahaging nahubog, o bahagyang may katiyakan. Sa lahat ng mga kaso silay ay bahagya sa ilang pakahulugan, i.e., di-kompleto" (p. 55).
   Si Robert B. Chisholm, Jr. *From Exegesis to Exposition*, ay nagsasabi na
   "Napakahirap na bawasan ang esensya ng DI-GANAP tungo sa nag-iisang konsepto, dahil ito ay pumapalibot sa parehong aspeto at moda. Minsan ang DI-GANAP ay ginamit sa indikatibong pamamaraan at ginagawa ang obehektibong pananalita. Sa ibang pagkakataon ito ay tumitingin sa aksyon ng mas higit na subyektibeismo, bilang nagpapalagay, walang katiyakanm posible at higit pa" (p.

89).

c. Ang idinagdag na *waw*, na nagdurugtong sa PANDIWA sa aksyon ng naunang mga PANDIWA(s).
d. PAUTOS, na nakabatay sa bolisyon ng nagsasalita at potensyal na aksyon ng tagapakinig.
e. Sa sinaunang Hebreo tangin ang mas malaking konteksto ang makakadeterminoina ng pangmaykada-na intensyong panahon ng mga oryentasyon.

B. Ang pitong pangunahong binagong tono na mga anyo at kanilang pangunahing mga kahulogan. Sa realidad ang mga anyo na ito ay gumagawa ng magkaugnay sa bawat isa sa konteksto at dapat na hindi ihiwalay.

1. *Qal* (*Kal*), ang pinaka-karaniwan at pangunahin sa lahat ng mga anyo. Ito ay nagpapakita ng simpleng aksyon o estado ng kalagayan. Walang dahilan o espisipikasyon ang ipinahiwatig.
2. *Niphal*, ang ikalawang pinaka-karaniwang anyo. Ito ay madalas BALINTIYAK, ngunit ang anyong ito ay gumaganap rin bilang katugon at pasarili. Ito rin ay walang pandahilanan o espisipikasyon na ipinahiwatig.
3. *Piel*, ang anyong ito ay aktibo at nagpapahayag ng pagdadala patungkol sa isang aksyon tungo sa estado ng kalagayan. Ang pangunahing kahulugan ng Qal na tangkay ay nahubog o pinahaba tungo sa estado ng kalagayan.
4. *Pual*, ito ang BALINTIYAK na katapat ng *Piel*. Ito ay madalas na ipinahayag ng isang PANDIWARI.
5. *Hithpael*, na isang panarili o katugon na tangkay. Ito ay nagpapahayag ng umuulit o nagaganap na aksyon sa *Piel* na tangkay. Ang madalang na BALINTIYAK anyo ay tinawag na *Hothpael*.
6. *Hiphil*, ang aktibong anyo ng pandahilang tangkay na salungat sa *Piel*. Ito ay maaring may permisong aspeto, ngunit madalas ito ay tumutukoy sa sanhi ng isang pangyayari. Si Ernst Jenni, isang German Hebreong dalubhasa sa gramatika, ay naniniwala na ang *Piel* ay nagpapakita ng isang bagay na paparating tungo sa isang estado ng kalagayan, habang ang *Hiphil* ay nagpakita kung paano ito nangyari.
7. *Hophal*, ang BALINTIYAK na katapat sa *Hiphil*. Ang huling dalawang mga tangkay na ito ay ang pinakamadalang na gamitin sa pitong mga tangkay.

Madami sa impormasyong ito ay nagmumula sa *An Introduction to Biblical Hebrew Syntax*, ni Bruce K. Waltke at M. O'Connor, pp. 343-452.

Ang ahensya at pagsasagawang tsart. Isang susi sa pag-uunawa sa Hebreong PANDIWA sistema ay tignan ito bilang tularan ng TINIG na relasyon. Ilang mga tangkay ay kasalungat sa ibang mga tangkay sa ibang mga tangkay (i.e., *Qal - Niphal; Piel - Hiphil)*

Ang tsart sa ibaba ay nagsusubok na ipakita ang pangunahing tungkulin ng PANDIWA mga tangkay bilang ang pagsasagawa.

| TINIG O SIMUNO | **Walang Sekondaryang Ahensya** | **Isang Aktibong Sekondaryang Ahensya** | **Isang BALINTIYAK Sekondaryang Ahensya** |
|---|---|---|---|
| AKTIBO | *Qal* | *Hiphil* | *Piel* |
| PANGGITNA BALINTIYAK | *Niphal* | *Hophal* | *Pual* |
| PANARILI/KATUGON | *Niphal* | *Hiphil* | *Hithpael* |

Ang tsart na ito ay kinuha mula sa napakahusay na talakayan ng PANDIWANG sistema ayon sa bagong

pananaliksik sa Akkadian (cf. Bruce K. Waltke, M. O'Connor, *An Introduction to Biblical Hebrew Syntax*, pp.354-359).

R. H. Kennett, *A Short Account of the Hebrew Tenses*, ay naglaaan ng kinakailangang babala. "Karaniwan kong natatagpuan sa katuruan, na ang pangunahing kahirapan ng mga mag-aaral sa Hebreong pandiwa ay masunggab ang kahulugan na nagpaparating sa mga isipan ng mga mismong sarili ng mga Hebreo; ibig sabihin, mayroong pagkahilig na itakda bilang mga katumbas sa bawat ng Hebreong Pamanahon ng ilang bilang ng Latin o Englis na mga anyo na kung saan ang isang partikular na Pamanahon na karaniwang isinalin. Ang resulta ay isang kabiguan na maunawaan ng marami sa mga mapipinong tabing ng kahulugan, na nagbibigay ng buhay at kalusugan sa wika ng Lumang Tipan.

Ang kahirapan sa paggamit ng Hebreong Pandiwa ay nakasalalay lamang sa puntong pananaw, kaya sukdulang magkaiba mula sa ating sarili, kung saan ang mga Hebreo ay itinuturing na isang aksyon; ang *panahon*, na sa atin ay unang konsiderasyon, na gaya ng pinakasalitang, 'pamanahon' na ipinapakita, na para sa kanila ay sekondaryang kahalagahan. Kaya ito, samakatuwid, ay esensyal na ang isang estudyante ay dapat na malinaw na mahawakan, hindi higit sa Latin o Englis na mga anyo na maaring ginamit sa pagsasalin ng bawat Hebreong Pamanahon, ngunit sa halip ay ang aspeto ng bawat aksyon, gaya ng pagpresinta nito sa sarili sa kaisipan ng mga Hebreo.

Ang pangalang 'pamanahon' habang ipinaparatang sa Hebreong Pandiwa ay nagpapaligaw. Ang tinatawag na Hebreong 'pamanahon' ay hindi nagpapahayag ng *panahon* ngunit parang *estado* ng isang aksyon. Kaya hindi kung hindi dahil sa kalituhan na maaring lumitaw sa paggamit ng termino 'estado' sa parehong mga pangalan at pandiwa, 'ang mga estado' ay mas higit na mainam na designasyon kaysa sa 'pamanahon.' Dapat na laging nananitili sa isipan na imposible na maisalin ang Hebreong Pandiwa tungo sa Englis ng walang ibinibigay na limitasyon (viz. ng oras) na lubusang wala sa Hebreo. Ang sinaunang mga Hebreos ay kailanman hindi nagisip ng isang aksyon bilang nakalipas, pangkasalukuyan, o panghinaharap, simple bilang isang GANAP, i.e., kompleto, o DI-GANAP, i.e., gaya ng sa pagtakbo ng pag-unlad. Kapag sinabi natin na isang tiyak Hebreong pamanahon umaayon sa isang GANAP, pluperfect, o Panghinaharap sa Englis, hindi natin ibig sabihin na ang mga Hebreos ay iniisip ito na GANAP, Pluperfect, o Panghinaharap, ngunit ito lamang ay dapat sa pagsalin sa English. Ang *panahon* ng isang aksyon ang mga Hebreo ay hindi tinangka na ipahayag sa anumang pangpandiwang anyo" (paunang salita at p. 1).

Para sa ikalawang mabuting babala, Sue Groom, *Linguistic Analysis of Biblical Hebrew*, ay nagpaalala sa atin, "Walang paraan upang malaman kung ang muling pagtatayo ng mga makabagong iskolar ng semantikong larangan at pakahulugang relasyon sa sinaunang mga patay na wika ay basta lamang isang repleksyon ng kanilang intuwisyon, o kanilang katutubong wika, o maging ang mga larangan na iyon ay umiral sa klasikal na Hebreo" (p. 128).

C. Mga Panagano (na ang tanging analohiya ay kinuha mula sa modernong kanluraning mga wika)
   1. Ito ay nangyari na, ay nangyayari (INDIKATIBO), madalas gumagamit ng GANAP na pamanahon o mga PANDIWARI (lahat ng mga PANDIWARI ay INDIKATIBO).
   2. Ito ay mangyayari, maaring mangyari (PANAKALI)
      a. Gumagamit ng minarkahang DI-GANAP na pamanahon
         (1) COHORTATIVE (dinagdagang h), unang panauhang DI-GANAP na anyo na normal na

nagpapahayag ng isang nais, isang hiling, pagpapalakas sa sarili (i.e., mga kagustuhang mga aksyon ng tagapagsalita)

(2) JUSSIVE (panloob na mga pagbabago), ikatlong panauhang DI-GANAP (maaring ikalawang panauhan sa negatibong mga pangungusap) na normal na nagpapakita ng isang hiling, isang permiso, o pagpapaalala, o isang tagubilin

b. Gumagamit ng isang GANAP na pamanahon na may kasamang *lu* o *lule*
Ang mga konstruksyon na ito ay kapareho ng IKALAWANG KLASE KONDISYONAL na mga pangungusap sa Koine Griyego. Isang huwad na pananalita (protasis) na nagreresulta sa huwad na konklusyon (apodosis).

c. Gumagamit ng isang DI- GANAP na pamanahon at *lu*
Ang konteksto at *lu*, gayundin ang panghinaharap na oryentasyon, ay minarkahan itong PANAKALI pagkakagamit. Ilang mga halimbawa mula kay J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament* ay mga Genesis 13:16; Deutronomio 1:12; I Hari. 13:8; Awit. 24:3; Isaias 1:18 (cf. pp. 76-77).

D. *Waw* - Konbersibo/magkakasunod/pamanggit. Ang naiibang Hebreong ito (Canaanite) sintaktikal na katangian ay nagdulot ng matinding pagkalito ng maraming taon. Ito ay ginamit sa ibat-ibang mga paraan madalas ay batay sa dyanra. Ang dahilan para sa pagkalito ay dahil ang mga naunang mga iskolars ay mga Europeyo at sinubukang magbigay kahulugan ayon sa kanilang katutubong mga wika. Nang ito ay napatunayang mahirap sinisi nila ang problema sa Hebreo na "dapat" sinauna, lipas na wika. Ang mga Europeyong mga wika ay mga PAMANAHON (oras) na nakabatay na PANDIWA. Ilan sa mga uri at gramatikal na mga implikasyon ay tiniyak sa pamamagitan ng titik na WAW na idinagdag sa GANAP o DI-GANAP na mga PANDIWANG tangkay. Nabago nito ang paraan na ang aksyon ay tinignan.

1. Sa makasaysayang salaysay ang PANDIWA ay idinugtong ng magkasama sa isang tanikala na may pamantayang tularan.
2. Ang waw na unlapi ay nagpakita ng isang partikular na relasyon sa naunang mga PANDIWA(s).
3. Ang mas malaking konteksto ay laging susi sa pag-uunawa ng PANDIWA tanikala. Ang Semitic na PANDIWA ay hindi pwedeng ianalisa ng nag-iisa.

J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*, ay nagpuna ng kakaibang sa Hebreo sa paggamit nito ng waw bago ang mga GANAP at DI-GANAP (pp. 52-53). Habang ang pangunahing ideya ng GANAP ay nakalipas, Ang pagdagdag ng *waw* ay madalas nagpapanukala nito tungo sa panghinaharap na panahong aspeto. Ito rin ay totoo sa DI-GANAP na ang pangunahing ideya ay pangkasalukuyan o panghinaharap; ang pagdagdag ng waw ay naglalagay nito sa nakalipas. Ang di karaniwan na panahon na ito ang naglilipat at nagpapaliwanag sa pagdagdag ng *waw*, hindi pagbabago sa pangunahing kahulugan ng mismong pamanahon. Ang *waw* na mga GANAP ay gumagawa ng mainanam sa propesiya, habang ang mga waw DI-GANAP ay gumagawa ng mainam sa mga salaysay (pp. 54, 68). Si Watts ay nagpatuloy sa kanyang depinisyon,

"Bilang isang napakahalagang pagkakaiba sa pagitan ng *waw* na kondyanktibo at waw konsekwetibo, ang sumusunod na mga interpretasyon ang ibinibigay:

1. *Waw* na kondyanktibo ay lumilitaw lagi upang ituro ang isang paghahanay.
2. *Waw* na konsekyutibo ay lumilitaw lagi upang ituro ang isang pagkakasunod-sunod. Ito lamang ang tanging anyo ng *waw* na ginamit na may konsekyutibong DI-GANAP. Ang relasyon sa pagitan ng DI-GANAP ay idinugtong ito ng maaring temporal na pagkakasunod-sunod, lohikal na konsekwensiya, lohikal na dahilan, o lohikal na pagkakasalungat. Sa lahat ng kaso mayroong pagkakasunod-sunod" (p. 103).

E. PAWATAS - Mayroong dalawang mga uri ng PAWATAS

1. PAWATAS SUKDULAN, na isang "malakas, nagsasarili, kapansin-pansin na mag ekspresyon na ginamit para sa madramang epekto. . .bilang sa SIMUNO, ito ay madalas ay walang nakasulat na Pandiwa, ang Pandiwa 'maging' na syempre ay nauunawaan, ngunit ang salitang pagkakatayo ay madramang nag-iisa," (J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*," p. 92).
2. PAWATAS BANGHAY, na "magkaugnay ng gramatikal sa pangungusap sa pamamagitan ng mga preposisyon, nag-aangkin na mga PANGHALIP, at ang BANGHAY na relasyon" (p. 91).
   J. Weingreen, *A Practical Grammar for Classical Hebreo*, inilarawan ang estado ng BANGHAY: "Kapag ang dalawa (o higit pa) na mga salita ay malapit na pinagsama sila ay bumubuo ng isang tambalang ideya, ang nakadependeng salita (o mga salita) ay (ay mga) sinasabi na nasa BANGHAY estado" (p. 44).

F. INTEROGATIBO
1. Sila ay lumilitaw ng una sa pangungusap.
2. Nagbibigay kahulugan na kahalagahan
   a. *ha* – hindi umaasan ng isang pagtugon
   b. *halo'* – ang may-akda ay umaasa ng "oo" na sagot

G. NEGATIBO
1. Sila ay laging lumilitaw bago abg mga salita na kanilang inenegatibo.
2. Pina karaniwang pagnenegatibo ay *lo'*.
3. Ang terminong *'al* ay mayroong walang katiyakang konotasyon at ginamit na may kasamang mga COHORTATIVES at JUSSIVES.
4. Ang terminong *lebhilti*, ibig sabihin "upang ang. . .hindi ang," ay ginamit na may kasamang mga PAWATAS.
5. Ang terminong *'en* ay ginamit na may kasamang mga PANDIWARI.

H. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP
3. Mayroong apat na mga uri ng kondisyonal na mga pangungusap na pangunahing kahanay sa Koine Griyego.
   a. isang bagay na ipinagpalagay na nangyayari o isipin ng isang katuparan (UNANG KLASE sa Griyego)
   b. isang bagay kasalungat sa katotohanan na ang katuparan ay imposible (IKALAWANG KLASE)
   c. isang bagay na isang posible o maaring malamang (IKATLONG KLASE)
   d. isang bagay na mas hindi malamang, samakatuwid, ang katuparan ay kahina-hinala (IKAAPAT NA KLASE)

4. GRAMATIKAL NA MGA PANANDA
   a. Ang ipinagpalagay na totoo o tunay na kondisyon ay laging gumagamit ng isang INDIKATIBONG GANAP o PANDIWARI at madalas ang protasis ay ipinakilala sa pamamagitan ng
      (1) *'im*
      (2) *ki* (o *'asher*)
      (3) *hin* o *hinneh*
   b. ang kasalungat sa katotohanang kondisyon ay laging gumagamit ng isang GANAP na aspeto ng PANDIWA o isang PANDIWARI na may ipinapakilalang KATAGA *lu* o *lule*
   c. ang mas malamang na kondisyon ay laging gumagamit ng DI-GANAP PANDIWA o mga PANDIWARI sa protasis, madalas *'im* o *ki* ang ginamit bilang pampakilala sa mga KATAGA
   d. ang mas hindi malamang na kondisyon ay gumagamit ng DI- GANAP na mga PANAKALI

sa protasis at laging gumagamit ng *'im* bilang pagpapakilala sa KATAGA

# MGA PAGDADAGLAT NA GINAMIT SA KOMENTARYONG ITO

| | |
|---|---|
| AB | Anchor Bible Commentaries, ed. William Foxwell Albright at David Noel Freedman |
| ABD | Anchor Bible Dictionary (6 vols.), ed. David Noel Freedman |
| AKOT | Analytical Key to the Old Testament ni John Joseph Owens |
| ANET | Ancient Near Eastern Texts, James B. Pritchard |
| BAGD | A Greek-English Lexicon of the New Testament and Early Christian Literature, Walter Bauer, 2nd edition nina F. W. Gingrich at Fredrick Danker |
| BDB | A Hebrew and English Lexicon of the Old Testament nina F. Brown, S. R. Driver at C. A. Briggs |
| BHS | Biblia Hebraica Stuttgartensia, GBS, 1997 |
| IDB | The Interpreter's Dictionary of the Bible (4 vols.), ed. George A. Buttrick |
| ISBE | International Standard Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. James Orr |
| JB | Jerusalem Bible |
| JPSOA | The Holy Scriptures According to the Masoretic Text: A New Translation (The Jewish Publication Society of America) |
| KB | The Hebrew at Aramaic Lexicon of the Old Testament nina Ludwig Koehler at Walter Baumgartner |
| LAM | The Holy Bible From Ancient Eastern Manuscripts (the Peshitta) ni George M. Lamsa |
| LXX | Septuagint (Greek-English) ng Zondervan, 1970 |
| MOF | A New Translation of the Bible ni James Moffatt |
| MT | Masoretic Hebrew Text |
| NAB | New American Bible Text |
| NASB | New American Standard Bible |
| NEB | New English Bible |
| NET | NET Bible: New English Translation, Second Beta Edition |

NIDNTT New International Dictionary of New Testament Theology and Exegesis (5 vols.), ed. ni Willem A. VanGemeren

NRSV New Revised Standard Bible NIV

New International Version NJB

New Jerusalem Bible

OTPG Old Testament Parsing Guide nina Todd S. Beall, William A. Banks at Colin Smith

REB Revised English Bible

RSV Revised Standard Version

SEPT The Septuagint (Greek-English) ng Zondervan, 1970

TCNT The Twentieth Century New Testament

TEV Today's English Version from United Bible Societies

YLT Young's Literal Translation of the Holy Bible ni Robert Young

ZPBE Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. Merrill C. Tenney

## ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA: PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon.

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

**Unang Saligan**

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

**Pangalawang Saligan**

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay

itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS$^4$). Ang tekstong ito ay iisinatalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.
3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS$^4$ at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Herusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

**Pangatlong Saligan**

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

## ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangatngatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking

mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo , maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

## I. Mga Pagpapalagay

A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.

B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.

C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.

D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:

1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

## II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan

A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa

bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.

B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.

C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.


D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.

E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang "tugon ng mambabasa" o reader response (pagpakahulugang "ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto").

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:




Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

## III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa , hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: "Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo." Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
    a. tagpuang pangkasaysayan
    b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
    a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
    b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
    c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
    a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
    b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang tapusang ng pagbasa
    1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula

sa isang naiibang teorya ng pagsasalin

   a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
   b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
   c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)

2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
   a. Lumang Tipan
      (1) salaysay na Hebreo
      (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
      (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
      (4) Mga pamkautusan na koda
   b. Bagong Tipan
      (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
      (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
      (3) Mga liham/epistulo
      (4) panitikang Apokaliptiko

B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
   2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
   3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
   2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
      a. ang may-akda
      b. ang petsa
      c. ang mga tagatanggap
      d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
      e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
      f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
   3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.
   4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
   1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
      a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
      b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
      c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)

2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
   a. mga inuulit na parirala, Efeso 1:6,12,13
   b. mga inuulilt na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
   c. magkakatambis na mga konsepto
3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
   a. mga mahahalagang salita
   b. mga di-karaniwang salita
   c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
   d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
   a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
      (1) mga aklat ng "sistematikong teolohiya"
      (2) mga sangguniang Bibliya
      (3) mga pagkakatugma
   b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
   c. Hanapin ang mga magkakahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
   a. mga pag-aaral ng Bibliya
   b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
   c. mga paunang salita ng Bibliya
   d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

**IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya**

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang "pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon."

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng "kaya winika ng Diyos," ay dapat

tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, "ating" mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

## V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

"Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura."

B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, Protestant Biblical Interpretation, p. 75:

Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. "Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán,

na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos."

C. H. H. Rowley sa The Relevance of the Bible, p. 19:

"Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat."

## VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang "tapusang pagbasa #3" ay tsekin itong impormasyon.

B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.

C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:

1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS$^4$)
2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
3. The New King James Version (NKJV)
4. The New Revised Standard Version (NRSV)
5. Today's English Version (TEV)
6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na "ang paksang pangungusap" o "ang pangunahing ideya ng teksto." Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:

1. pampanitikang konteksto
2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura

3. impormasyong panggramatika
4. mga pag-aaral ng salita
5. mga kaugnay na talatang magkakahanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
   1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng "Textus Receptus."
   2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
   3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
   4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
   1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
   2. mga pamalit na kahulugan ng salita
   3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
   4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

   Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

# PANIMULA SA HEBREONG PANULAAN

I. PANIMULA

A. Ang ganitong uri ng panitikan ay bumubuo ng 1/3 ng Lumang Tipan. Ito ay lalo nang karaniwan sa "Mga Propeta" (lahat maliban sa Haggai at Malakias na naglalaman ng panulaan) at "Kasulatan" na bahagi ng Hebreong kanon.

B. Ito ay lubhang kakaiba sa Ingles na panulaan. Ang Ingles na panulaan ay umunlad mula sa Griyego at Latin na panulaan, na una sa lahat ay batay sa tunog. Ang Hebreong panulaan ay may maraming karaniwan sa Canaaneong panulaan. Walang madiing linya o tugma sa Near East na panulaan (ngunit mayroong ay isang kumpas).

C. Ang arkeolohikong pagkatuklas sa hilaga ng Israel at Ugarito (Ras Shamra) ay natulungan ang mga iskolar na maunawaan ang panulaan sa OT. Ang panulaang ito na mula sa ika-15 siglo B.C. ay may maliwanag na pampanitikang mga kaugnayan sa biblikal na panulaan.

II. MGA PANGKALAHATANG KATANGIAN NG PANULAAN

A. Ito ay lubhang masinsin.

B. Sinusubukan nitong ihayag ang katotohanan, mga damdamin o mga karanasan sa paglalarawan.

C. Ito ay una sa lahat ay nakasulat, hindi sinasalita. Ito ay lubhang nakabalangkas. Ang balangkas na ito ay maihahayag sa
1. mga linyang may pagtitimbang o balanse (pagkakaagapay)
2. paglalaro ng salita
3. paglalaro ng tunog

III. ANG BALANGKAS (R. K. Harrison, *Introduction To The Old Testament*, pp. 965-975)

A. Si Obispo Robert Lowth sa kaniyang aklat, *Lectures on the Sacred Poetry of the Hebrews* (1753) ay ang una sa pagpapakilala sa biblikal na panulaan bilang balanseng mga linya ng kaisipan. Karamihan sa makabagong Ingles na mga salin ay naiayos upang ipakita ang mga linya ng panulaan.
1. kasingkahulugan – ang mga linya na nagpapahayag ng katulad na kaisipan sa magkakaibang mga salita:
   a. Awit 3:1; 49:1; 83:14; 103:13
   b. Kawikaan 19:5; 20:1
   c. Isaias 1:3,10
   d. Amos 5:24; 8:10
2. kabaliktaran – ang mga linya na naghahayag ng mga salungat sa kaisipan sa pamamagitan ng pag-iiba o paglalahad ng positibo at negatibo:
   a. Awit 1:6; 90:6
   b. Kawikaan 1:29; 10:1,12; 15:1; 19:4
3. sintetiko – ang susunod na dalawa o tatlong mga linya ay nagbubuo ng kaisipan - Awit

1:1-2; 19:7-9; 29:1-2
4. kiasmiko – isang tularan ng panulaan na naghahayag ng mensahe sa isang pababa at pataas na ayos. Ang pinakamahalagang punto ay matatagpuan sa gitna ng tularan.

B. Si A. Briggs sa kaniyang aklat, *General Introduction to the Study of Holy Scripture* (1899) ay nakabuo ng susunod na yugto ng pagsusuri ng Hebreong panulaan:
1. tumutukoy – isang sugnay na literal at ang susunod ay patalinghaga, Awit 42:1; 103:3.
2. klimakterio o tulad ng baitang – ang mga sugnay ay nagnanahag ng katotohanan sa isang pataas na anyo, Awit 19:7-14; 29:1- 2; 103:20-22.
3. "introverted" – isang kalipunan ng mga sugnay, na kasalasan ay di kukulang ng apat, ay magkakaugnay sa pamamagitan ng panloob ng balangkas ng linya 1 sa 4 at 2 sa 3, Awit 30:8-10a

C. Si G. B. Gray sa kaniyang aklat, *The Forms of Hebrew Poetry* (1915) ay pinaunlad nang higit pa ang konsepto ng mga balanseng sugnay sa pamamagitan ng:
1. lubusang balanse — kung saan ang bawat salita sa unang linya ay inuulit o nabalanse sa pamamagitan ng isang salita sa ikalawang linya — Awit 83:14 at Isaias 1:3
2. di-lubusang balanse, kung saan ang mga sugnay ay hindi magkakatulad ng haba, Awit 59:16; 75:6

D. Ngayon, mayroong isang lumalagong pagkilala ng pampanitikang balangkas na huwaran sa Hebreo na tinatawag na isang kiasmo, na nagpapakilala ng isang may butal na bilang ng mga magkakaagapay na linya ay bumubuo ng hugis orasa kung saan ang sentrong linya ay binibigyang-diin.

E. Ang mga uri ng mga huwarang tunog ay matatagpuan sa panulaan sa pangkahalatan, ngunit hindi madalas sa silanganing panulaan
1. paglalaro sa alpabeto (akrostik, cf. Awit 9; 34; 37; 119; Kawikaan 31:10ff; Panaghoy 1-4)
2. paglalaro sa mga katinig (aliterasyon, cf. Awit 6:8; 27:7; 122:6; Isaias 1:18-26)
3. paglalaro sa mga patinig ("assonance", cf. Genesis 49:17; Exodo 14:14; Ezekiel 27:27)
4. paglalaro sa pag-uulit ng magkakaparehong tunog na salita na may magkakaibang kahulugan (paronomasia)
5. paglalaro sa mga salita na, kapag binigkas, ay katunog ng bagay na kanilang pinangangalanan (onomatopoeia)
6. natatanging pagbubukas at pagsasara (napapabilang)

F. Mayroong maraming uri ng panulaan sa Lumang Tipan. Ang ilan ay nauugnay sa paksa at ilan ay nauugnay sa anyo:
1. mga awit sa pagtatalaga – Bilang 21:17-18
2. mga awit sa paggawa – (binanggit ngunit di nakatala Mga Hukom 9:27); Isaias 16:10; Jeremias 25:30; 48:33
3. mga balad – Bilang 21:27-30; Isaias 23:16
4. mga awit sa pag-inom – negatibo, Isaias 5:11-13; Amos 6:4-7 at positibo, Isaias 22:13
5. mga tula ng pag-ibig – Awit ni Solomon, pangkasal na palaisipan – Mga Hukom 14:10-18, awit sa kasalan – Awit 45
6. mga panaghoy/mga panambita – (binanggit ngunit hindi nakatala sa 2 Samuel 1:17 at 2 Cronica 35:25; 2 Samuel 3:33; Awit 27; 28; Jeremias 9:17-22; Panaghoy; Ezekiel 19:1-

14; 26:17-18; Nahum 3:15-19)

7. mga awit sa digmaan – Genesis 4:23-24; Exodo 15:1-18,20; Bilang 10:35-36; 21:14-15; Joshue 0:13; Mga Hukom 5:1-31; 11:34; 1 Samuel 18:6; 2 Samuel 1:18; Isaias 47:1-15; 37:21
8. mga natatanging pagbabasbas o pagpapala ng pinuno – Genesis 49; Bilang 6:24-26; Deuteronomy 32; 2 Samuel 23:1-7
9. mga tekstong may mahika – Balaam, Bilang 24:3-9
10. mga banal na tula – mga Awit
11. mga akrostikong tula – Awit 9; 34; 37; 119; Kawikaan 31:10ff at Panaghoy 1-4
12. mga sumpa – Bilang 21:22-30
13. mga panunuyang tula – Isaias 14:1-22; 47:1-15; Ezekiel 28:1-23
14. isang aklat ng pandigmang tula (Jashar) – Bilang 21:14-15; Joshue 10:12-13; 2 Samuel 1:18

## IV. PATNUBAY SA PAGPAPALIWANAG NG HEBREONG PANULAAN

A. Hanapin ang pangunahing katotohanan ng taludtod o istropa (ito ay tulad ng isang talata sa tuluyan.) Ang RSV ay ang unang makabagong salin na kinilala ang panulaan sa pamamagitan ng mga taludtod. Ihambing ang mga makabagong salin para sa mga mahalagang kabatiran.

B. Kilalanin ang matalinghagang wika at ipahayag ito sa tuluyan. Tandaan, ang ganitong uri ng panitikan ay napakasinsin, marami ang maiiwan sa mambabasa upang punuan.

C. Dapat na maiugnay ang mga mahahabang tula na may pag-aangkop sa isyu sa kanilang pampanitikang konteksto (kadalasang ang buong aklat) at pangkasaysayang kalagayan.

D. Tangkaing makilala ang uri ng pagkakaagapay (paralelismo) na kasangkot, kung ito ay kasingkahulugan, kabaliktaran, o sintetiko. Ito ay napakahalaga.

Mga Hukom 4 at 5 ay napakalaking tulong upang makita kung paanong ang panulaan ay maghahayag ng kasaysayan. Mga Hukom 4 ay tuluyan at Mga Hukom 5 ay panulaan ng parehong pangyayari (ihambing din Exodo 14 & 15).

# PANIMULA SA MGA AWIT*

*Karamihan ng mga materyales na ito ay nagmula kay R. K. Harrison, *An Introduction To the Old Testament*, pp. 976-1003 at LaSor, Hubbard, at Bush, *Old Testament Survey*, pp 510-532.

I. PANGALAN NG AKLAT

A. Sa Hebreo ang titulo ay "Mga Awit ng Pagpupuri" o Mga Papuri" (*Tehillim*, cf. Awit 145). Ito ay nakakagulat sapagkat napakaraming mga awit ay mga panaghoy o mga daing

B. Sa Septuagint (LXX) ang titulo ay *psalmos* na nangangahulugang "kalabitin." Ang Griyegong termino ay ginamit sa Mga Awit sa Lukas 20:42; 24:44 at Mga Gawa 1:20. Hindi lahat ng mga awit ay kailangang awitin kasama ang saliw pangmusika, ngunit ito ay naging titulo ng buong aklat sa LXX.

II. KANONISASYON

A. Ang Mga Awit ay bahagi ng ikatlong bahagi ng Hebreong kanon na tinatawag na "Mga Kasulatan" (Kethubhim, Hagiographa). Ang pangkat na ito ng Hebreong kanon ay binubuo ng:
1. karunungang panitikan
   a. Job
   b. Mga Awit
   c. Kawikaan
2. Mga Aklat ng Pagdiriwang (*Megilloth*)
   a. Ruth
   b. Ecclesiastes
   c. Awit ni Solomon
   d. Panaghoy
   e. Esther
3. Mga Pangkasaysayang Aklat
   a. Daniel
   b. Ezra
   c. Nehemiah
   d. Cronica

B. Ang Mga Awit ay sinipi nang mas madalas sa NT kaysa anumang iba pang aklat sa OT.

III. GENRE O KAURIAN

A. Ang ganitong pampanitikang anyo ay karaniwan sa Sinaunang Near East. Ang biblikal na mga awit ay kabilang sa anyo ng mga imno mula sa Babilonya, Ehipto, at Canaan. Ang mga iskolar ay nakita ang isang malapit na kaugnayan:
1. sa pagitan ng Awit 104:20-30 at ang Ehiptong Imno kay *Aton* (ika-14 na siglo B.C.)
2. Awit 29 ay halos kahawig ng isang Ugaritong tula kay *Ba'al*, maliban sa pangalan ng pagka-Diyos.

B. Ang archaeolohikong pagtuklas ng mg teksto ng Ras Shamra mula sa lungsod ng Ugarit ay nagpapakita ng pagkakatulad sa pagitan ng panulaan ng Canaan at ang Mga Awit. Ang

pagkatuklas ay may naitulong sa pagkaunawa ng anyo at talasalitaan ng Mang-aawit (tingnan ang *The Anchor Bible*, 3 mga tomo, ni Mitchell).

C. Ang pampanitikang anyo ay isang sinaunang genre sa loob ng Israel:
1. ang awit ni Moises, Exodo 15:1-17
2. ang awit ni Miriam, Exodo 15:21
3. isang awit ng Israel, Bilang 21:17-18
4. ang awit ni Deborah, Hukom 5
5. ang awit ni Hannah, I Samuel 2:1-10
6. ang awit ng pana mula sa aklat ni Jashar, 2 Samuel 1:17-27

D. Tatlong pangunahing mga anyo:
1. mga awit ng pagpuri – na makikilala sa pamamagitan ng pagsisimula sa isang PAUTOS tulad ng "purihin ang Panginoon," "umawit sa Panginoon," atbp.
2. mga awit ng panaghoy – na makikilala sa pamamagitan ng pagsisimula sa isang PAGKAKILANLAN tulad ng "O Panginoon," na sinusundan ng isang hinaing o petisyon
3. mga awit ng karunungan – katulad sa mga kaurian ng karunungang panitikan (i.e., paano mamuhay nang masaya, matagumpay, maka-Diyos na pamumuhay)

## IV. PAGKAMAY-AKDA

A. Ang tradisyonal na pagkamay-akda ng marami sa Mga Awit ay makikita sa mga titulo o mga paninitik, na naroon sa lahat maliban sa tatlumpu't-apat na Mga Awit. Mayroong dalawang paraan upang makita ang mga titulong ito:
1. Sila ay bahagi ng Masoretikong Hebreong teksto at makikita sa Septuagint (bagaman may kadasang nagkakaiba), samakatuwid, ay kanonikal. Gayunman, ang Mga Awit na matatagpuan sa Dead Sea Scrolls ay walang taglay na mga titulo at mga paninitik.
2. Sila ay hindi orihinal na mga kinasihang mga may-akda at dapat na makita bilang sinaunang mga tradisyon, hindi kinasihang mga katotohanan. Tila may hindi bababa sa dalawa sa kanila ang hindi sumasang-ayon sa ibang mga kanonikong teksto:
   a. ang titulo ng Awit 34 laban sa 1 Samuel 21:10ff (ang pangalan ng Filistinong hari)
   b. ang titulo ng Awit 56 laban sa 1 Samuel 21:10 (kung paano nagtungo si David sa Gath)
   c. Ang mga paninitik ng Awit 60 ay nagpapakita ng kahirapan sa pag-uugnay ng 2 Samuel 8:13 at 1 Cronica 18:12 sa bilang ng mga kalaban na napatay.
3. Ang isa pang suliranin ay ang Hebreong pang-ukol na "ng" ay maaaring maunawalaan sa maraming kaparaanan:
   a. "isinulat sa pamamagitan ng"
   b. "isinulat para sa"
   c. "isinulat sa"
   d. "kabilang sa panahon ng"
   e. "sa ilalim ng patnubay ng"
4. Sa aking palagay, sila ay hindi kinasihan. Hindi ako magbibigay ng komento/puna sa kanila sa komentaryong ito.

B. Ang mga titulong katawagan sa Masoretikong Hebreong Teksto ng mga may-akda:
1. David, (1 Samuel 16:16-18), (MT) may-akda ng 73 na mga awit; (LXX) may-akda ng 84 na mga awit; (Vulgata) may-akda ng 53 na mga awit
2. Di-kilala – 50 na mga awit: 1,2,10,33,43,71,91, 93-97,104-107,118-119,135,137,146-150

3. Asaph, ang punong mang-aawit ni David (1 Cronica 15:16-17; 16:5, "ang mga anak na lalaki ni Asaph" ay nabanggit sa Nehemiah 7:44) 12 na mga awit: 50, 73-83
4. Mga Anak ng lalaki ni Korah, isang pamilya ng Levitikong mang-aawit (1 Cronica 9:19; 15:17) 11 na mga awit: 42-49 maliban sa 43; 84-88 maliban sa 86
5. Jeduthun, Levitikong punong mang-aawit, (1 Cronica 16:41-42; 25:1-3; 2 Cronica 5:12) 3 na mga awit: 39; 62; 77
6. Solomon, 2 mga awit: 72; 127, "isinulat sa pamamagitan ng," "isinulat para sa," "isinulat sa," "pag-aari ni," "sa panahon ng," o "sa ilalim ng pangunguna"
7. Moises, 1 awit: 90
8. Ang Ezrahito (1 Cronica 6:33; 15:17)
   a. Ethan, Awit 89 (ang ilang ay sinasabing si Abraham) 1 Cronica 15:17,19
   b. Heman, Awit 88 (gayundin ang anak ni Korah) 1 Mga Hari 4:31; 1 Cronica 4:31; 15:19

C. Mga Tradisyon ng Pagka-may-akda mula sa mga Pang-Hudyong kasulatan:
1. *Baba Bathra* 14b (Talmud) – "sinulat ni David ang aklat ng Mga Awit na may tulong ng sampung matatanda, sa tulong ni Adan, ang una, at Melchizedek at Abraham at Moises at Heman at Jeduthun at Asaph at ang tatlong anak na lalaki ni Korah"
2. *Sanhedrin* 38b (Talmud) ay ipinagpapalagay na ang Awit 139 ay kay Adam at Awit 110 kay Melchizedek

D. Ang Septuagint ay ipinagpapalagay ang Mga Awit kay Jeremias, Ezekiel, Haggai, at Zacarias (112; 126; 127; 137; 146-149).

V. PETSA

A. Ang pagtataya ng petsa ng Mga Awit ay napakahirap dahilan sa:
1. ang mga indibidwal na awit ay may tiyakang pagkakataon na nagdulot sa kanila na maisulat
2. sa ilang punto ang mga salita ng isang salmista ay naging mga salita ng komunidad ng pananampalataya
3. ang mga awit ay tinipon sa pamamaritan ng isang pagpapanugot na proses sa limang aklat

B. Ang Mga Awit ay kinpapalooban ng mga tula mula sa lahat ng yugto ng buhay ng Israel:
1. Ang pang-Hudyong Tradisyon ay sinasabing:
   a. si Adan ang nagsulat ng Awit 139
   b. si Melchizedek ang nagsulat ng Awit 110
   c. si Abraham ang nagsulat ng Awit 89
   d. si Moises ang nagsulat ng Awit 90
2. Ang Makabagong pag-aaral ay hinati ang Mga Awit sa tatlong pangunahing yugto:
   a. bago ang pagkakatapon (mga aklat, I, II, & IV)
   b. panahon ng pagkakatapon (aklat III)
   c. pagkatapos ng pagkakatapon (aklat V)

C. Ito ay maliwanag na maraming Mga Awit ay ipinagpapalagay kay David:
1. si David ay isang kompositor ng musika, manunugtog, at mang-aawit, 1 Samuel 16:16-18
2. Siya ang nagpasimula at nagtayo ng Levitikong pangkat ng mang-aawit, o mga umaawit sa Templo, 1 Cronica 15:1-16:43, 25:1-31; 2 Cronica 29:25-30
3. Ang unag dalawang Mga Awit ay ipinagpapalagay sa kania, Awit 72:20

4. Ang kanyang Mga Awit ay makikita sa lahat ng limang mga aklat ng Salmo

VI. ANG BALANGKAS NG Salmo

A. Walang pangunahing paksa o huwaran. Mayroong:
   1. isang pangkalahatang panimula (katangian ng isang matuwid na tao) – Awit 1
   2. ang bawat-isa sa limang pagkakahati-hati ng mga aklat ay nagtatapos sa isang doxology, 41:13; 72:18-19; 89:52; 106:48
   3. isang pangkalahatang pagwawakas (doxology) – Awit 150
B. Mga Katangian ng Limang Aklat
   1. Aklat 1 – Mga Awit 1-41
      a. lahat maliban sa 4 ay ipinagpapalagay kay David (1; 2; 10; 33)
      b. YHWH bilang titulo para sa Diyos na nakakapangyari, YHWH – 273 sa *Elohim* – 15
      c. ang pangkasaysayang kalalagayan ay sa panahon ni David laban kay Saul
   2. Aklat 2 – Mga Awit 42-72 (72:20 pinapakita ang patnugot)
      a. Mga Awit 42-49 sa mga anak na lalaki ni Korah (maliban sa 43)
      b. *Elohim* bilang titulo para sa Diyos na nakakapangyari, *Elohim* - 164 sa YHWH - 30
      c. ang pangkasaysayang kalalagayan ay maaaring sa panahon ni David bilang hari
   3. Aklat 3 – Mga Awit 73-89
      a. Mga Awit 73-83, Asaph
      b. Mga Awit 84-88, mga anak na lalaki ni Korah (maliban sa 86)
      c. 26 na mga awit ay ipinagpapalagay kay David
      d. YHWH bilang titulo para sa Diyos 44 na beses; *Elohim* 43 na beses
      e. ang pangkasaysayang kalalagayan ay maaaring krisis sa Assyria
   4. Aklat 4 – Mga Awit 90-106
      a. Awit 101; 103 kay David
      b. Awit 90 kay Moises
      c. ang lahat ng iba pa ay di-kilala
      d. YHWH ay ginamit ng 104 na beses; *Elohim* - 7 na beses
      e. ang pangkasaysayang kalalagayan ay maaaring krisis sa Babilonya
   5. Aklat 5 – Mga Awit 107-150
      a. Awit 119 ay isang pinahahabang akrostik ng Salita ng Diyos
      b. YHWH ay ginamit ng 236 na beses; *Elohim* 7 na beses
      c. Mga Awit 146-150 ay mga awit papuri na nagsisimulang lahat sa "Purihin ang Panginoon"
      d. ang pangkasaysayang kalalagayan ay maaaring ang pag-asa sa mga panghinaharap na pagpapala ng Diyos

C. Ang Pagbibilang ng Mga Awit ay Nagkakaiba-iba
   1. Ang pang-Hudyong Tradisyon
      a. Berachoth 9b – Mga Awit 1 at 2 ay binilang na 1
      b. Shabbath 16 – ang buong bilang ng mga awit ay 147 na katugma sa mga taong nabubuhay ni Jacob
   2. Saling Griyego
      a. Mga Awit 9 at 10 ay magkasama na bumubuo ng isang akrostik na awit
      b. Mga Awit 114 at 115 ay magkasama, kapwa Hallel na Mga Awit
      c. Mga Awit 116 at 147 ay hinati sa dalawa bawat-isa
   3. Ang bilang ng Mga Awit ay maaaring nauugnay sa taunang pagbabasa ng Banal na

Kasulatan ng sinaunang sinagoga

D. Isang halimbawa ng mga paraan sa pagpapangkat ng Mga Awit:
   1. sa pamamagitan ng paksa o tema
      a. mga imno ng pagpuri
         (1) sa Diyos bilang manlilikha, 8; 19; 104; 139; 148
         (2) sa Diyos sa pangkalahatan, 33; 103; 113; 117; 134-136; 145-147
      b. mga imno ng pasasalamat, 9-10; 11; 16; 30; 32; 34; 92; 116; 138
      c. mga panaghoy/mga panambitan/mga hinaing
         (1) pangkalahatan, 12; 14; 44; 53; 58; 60; 74; 79; 80; 83; 85; 89; 90; 94; 106; 123; 126; 137
         (2) indibidwal, 3-7; 3; 17; 22; 25-28; 31; 35; 38-43; 69-71; 86; 88; 102; 109; 120; 130; 139-143
      d. mga imno pagiging hari
         (1) Diyos bilang hari, 47; 93; 96-99
         (2) Hari ng Israel o Mesias, 2; 18; 20; 21; 45; 72; 89; 101; 110
      e. mga imno patungkol sa Sion, 46; 48; 76; 84; 87; 122
      f. mga imno ng liturhiya
         (1) pagpapanibago ng kasunduan, 50; 81
         (2) mga pangsaserdoteng pagpapala, 134
         (3) patungkol sa Templo, 15; 24; 68
      g. mga imno patungkol sa karunungan, 36; 37; 49; 73; 111; 112; 127; 128; 133
      h. mga imno patungkol sa pananampalataya sa katapatan ni YHWH, 11; 16; 23; 62; 63; 91; 121; 131
      i. kahatulan sa mga diyus-diyosan at pagsamba sa diyus-diyosan, 82; 115
   2. sa pamamagitan ng may-akda o tagapagsalita
      a. mga imno ni David na karamihang gumagamit ng YHWH bilang pangalan ng pagka-Diyos, Mga Awit 1-41
      b. mga imno of David na karamihang gumagamit ng *Elohim* bilang pangalan ng pagka-Diyos, Mga Awit 51-72
      c. mga imno sa pamamagitan ng mga Levitikong manunugtog at mang-aawit ni David
         (1) si Korah at mga anak na lalaki, Mga Awit 42-49; 84-88
         (2) si KAsaph at mga anak na lalaki, Mga Awit 73-83
      d. mga imno sa pamamagitan ng mga tagapagpuri, Mga Awit 111-118; 140-150
      e. mga imno sa pamamagitan ng mga manlalakbay sa dumating sa Herusalem upang sumamba sa araw ng pista, Mga Awit 120-134
   3. sa pamamagitan ng pangkasaysayang mga pangyayari, kasaysayan ng Isarel batay sa paninitik o nilalaman, Mga Awit 14; 44; 46- 48; 53; 66; 68; 74; 76; 79; 80; 83; 85; 87; 108; 122; 124-126; at 129

E. Magkakaugnay na mga Awit
   1. Mga Awit 14 at 53 ay magkatulad maliban sa pangalan ng Diyos
      a. Awit 14 ay may YHWH
      b. Awit 104 ay may *Elohim*
   2. Mga Awit 103 at 104 ay magkaugnay:
      a. magkatulad na pagbubukas at pagwawakas
      b. Awit 103 ay may YHWH bilang Tagapagligtas at Manunubos
      c. Awit 104 ay may *Elohim* bilang Tagapaglikha at Tagapanatili
   3. Mga Awit 32 at 51 ay kapwa maaaring kaugnay sa kasalanan ni David kasama si

Bathsheba

4. Mga Awit 57:7-11 at 60:5-12 ay pinagsama sa Awit 108
5. Awit 18 ay inulit mula sa 2 Samuel 21:1-51

F. Bakit 150 na Mga Awit sa 5 Aklat
1. maaaring ang 150 mga awit ay kaagapay ng 150 paghahati-hati ng sinagoga sa Kautusan ng pangmadlang pagbabasa tuwing mg Sabbath
2. maaaring ang limang aklat ay kaagapay sa limang aklat ni Moises

VII. MGA TERMINONG PANG-MUSIKA SA Salmo

A. Ang mga terminong pangmusika sa mga paninitik ay ginamit upang ilarawan ang iba't-ibang uri ng mga mga awit
1. *MIZMOR* ay nangangahulugang "pitasin." Ang mga awit na dapat awitin at saliwan ng mga instrumentong pangmusika. Mayroong 57 nito.
2. *SHIR* ay tumutukoy sa mga awit ng lahat ng auri. Mayroong 30 nito.
3. *MASCHIL* o *MASKIL* ay nangangahulugang ang mga awit ng natatanging kasanayan o nagtuturong mga awit. Mayroong 30 nito.
4. *MITCHTAM* o *MITKHTAM* – ang kahulugan ng terminong ito ay di-tiyak. Mula sa maaaring
   a. Hebreong ugat na maaaring mangahulugang "ginintuan" o "mahalaga"
   b. mula sa isang Akkadian na ugat, maaaring mangahulugang "nakatago" o "hindi nalathala"
   c. mula sa isang Arabeng ugat, na maaaring mangahulugang "tumutubos" o "nagpapatawad" Mayroong 6 nito.
5. *PALAL* ay nangangahulugang panalangin. Ito ay ginamit upang ilarawan ang awit ni David sa aklat I & II (cf. Awit 72:20). Ito rin ay matatagpuan sa paninitik ng Mga Awit 17; 86; 90; 102; 142; at maaaring 122.

B. Ang mga terminong pangmusika na naglalarawan ng pagtutugtog o pag-awit ng salmo
1. *SELAH* ay ginamit ng 71 na beses sa 39 na mga awit at Habakkuk 3:3, 9, 13. Ang kahulugan nito ay di-tiyak. Mayroong maraming mga teoriya:
   a. mula sa LXX, "patlang" para sa pagninilay-nilay o pang-dramang epekto
   b. mula sa Hebreong ugat na "itaas," samakatuwid, isang pagtaas o forte
   c. ang mga rabbi ay sinasabing ito ay isang pagpapatibay tulad ng "amen," na nangangahulugang "magpakailanman"
2. *SHIGGAION* o *SHIGIONOTH* ay ginamit sa Awit 7 at Habakkuk 3. Ito ay isang panaghoy o panambitang nagpapahayag ng pighati. Ito ay mayroong napakataas na madamdaming patulang anyo.
3. *NEGINOTH* ay ginamit ng 6 na beses sa Mga Awit at sa Habakkuk 3:19. Ito ay nangangahulugang "sa mga instrumentong may kuwerdas."
4. *SHEMINITH* ay ginamit nang dalawang beses. Ito ay maaaring mangahulugang "nasa oktaba" o "nasa walo." Ito ay kabaliktaran ng *ALAMOTH*, samakatuwid, maaaring para sa mga tinig ng lalaki (cf. 1 Cronica 15:21).
5. *ALAMOTH* ay ginamit ng 4 na beses. Ito ay tumutukoy sa pambabaeng boses ng soprano voices (cf. 1 Cronica 15:20).
6. *MECHILOTH* ay minsang ginamit. Ito ay nangangahulugang "sa mga instrumentong hangin."
7. *GITTITH* ay ginamit ng 3 beses. Ito ay nangangahulugang "sa harpa."

8. Mayroong maraming sanggunian sa mga partikular na napangalanang tono, Awit 9; 22; 45; 53; 56; 57-59; 60; 62; 69; 75; 77; 80; at 88

## VIII. LAYUNIN NG MGA AWIT

A. Ang Israel ay naniniwala na ang lahat ng buhay ay nauugnay sa Diyos sa pamamagitan ng kasunduan. Ang Mga Awit ay pagpapahayag ng sangkatauhan sa Diyos ng pinakamalalim na mga damdamin ng buhay (pagkamangha at pagkamatalik). Sila ay umiiral sa pangkalahatang pagsamba, gayundin sa mga pansariling debosyon. Sila ay isang liturhikong paraan upang isalaysay at idiin ang kasaysayan at teolohiya ng Israel.

B. Ang Israel ay naniniwala sa isa at tanging isang personal, mapagkalingang Diyos at sila ay ang natatanging layon ng Kanyang pag-ibig. Ang pananampalataya ay hindi liturhiko o pang-kredo ngunit personal at pang-araw-araw. Ang patulang anyo ng Mga Awit ay tumutulong sa paghahayag ng ating pang-relihiyong sarili sa Diyos. Ang pangunahing katangian ng OT ay ang Diyos!

C. Ang lahat ng Mga Awit ay maaaring nagsimula bilang mga pansariling pagpapahayag ng personal na pananampalataya, na sa kinalaunan ay ginamit ng komunidad ng pananampalataya (cf. Awit 23; 139, etc).

D. Mula sa NT na paggamit ng mga sipi mula sa Mga Awit, ito ay maliwanag na sila ay nagpapahayag, gayundin ay pandamdamin. Sila ay nagpapakilala ng mga katotohanan patungkol sa Diyos, sangkatauhan, kasalanan, pag-asa, Mesias, at pagpapanumbalik.

## IX. MGA PAMAMARAAN SA PAGBIBIGAY-KAHULUGAN

A. Ang komentaryong ito ay hinahangad na ipaliwanag ang Mga Awit sa liwanag ng
   1. kanilang pangkasaysayang kalalagayan (i.e., pananaw sa mundo)
   2. kanilang genre
   3. kung papaanong ang mga may-akda ng NT ay ginamit ang Mga Awit (LXX) upang ihayag at ipaliwanag ang ebanghelyo ni Hesukristo
   4. sa katapusan, pag-aangkop ng mga katotohanang ito sa ating panahon, ngunit ang kahalagahang ito ay dapat sundin ang #1, 2, 3!

B. Pinili kong suriin ang pagkakaagapay sa pamamagitan ng pagtatala ng mga sangkap o elemento. Hindi nito sinasalungat ang genre, ngunit umaasa na makakatulong sa mga makabagong kanluraning palaisip upang tingnan ang pagbibigay-diin at nilalaman ng orihinal na may-akda.

C. Bawat mambabasa/taga-pagpaliwanag ay kailangang nahanap ang mga pangunahing punto ng orihinal na may-akda at hindi isingit ang kanyang sarili. Ito ay napakahirap sa isang sinaunang, patulang aklat. Kadalasang ang mga makabago ay babasahin ang Mga Awit tulad ng isang pang-umagang pahayagan, na isinulat na tuwiran sa kanilang wika at kultura. Sa ganitong paraan ng pagpapaliwanag, ang isa ay maaaring gawin sa Mga Awit na sabihin ang kahit-ano tungkol sa kahit-ano!

Mayroong isang pangunahing paksa sa bawat-isang istropa o taludtod. Ang suliranin ay, ang mga istropa ay hindi isang teknikal na isyu ngunit isang pansariling isyu. Tayong lahat ay kailangang magsumikap kung saan dapat hatiin ang mga sinaunang tula at maging

tiyak na mayroong tayong taglay na kasingdaming mga katotohanan/paksa gaya ng orihinal na kinasihang may-akda.

D. Sa isang panghuling punto, para sa akin, ang NT ay ang wastong taga-pagpaliwanag ng OT. Ang Mga Awit ay hindi ang bagong kasunduan ngunit Mosaikong kasunduan! Sila ay kailangang maipaliwanag at maiangkop sa liwanag ng kapahayagan sa NT.

# AWIT 1

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN*

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Matuwid at ang Makasalanan ay Pinag-iba<br>Walang Panimula sa MT | Ang Paraan ng Matuwid at ang Katapusan ng Masasama | Ang Pag-iiba Katapusan ng Matuwid at ng Makasalanan (Isang Karunungang Awit) | Tunay na Kaligayahan | Ang Dalawang Landas |
| 1:1-3 | 1:1-3 | 1:1-3 | 1:1-3 | 1:1-2 |
| | | | | 1:3-4a |
| 1:4-6 | 1:4-6 | 1:4-6 | 1:4-6 | 1:4b-6 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isang pangkalahatang panimula sa Mang-aawit (Salmista). Si Kyle Yates, sa kanyang napakagandang aklat na *Preaching From the Psalms*, pp. 115-124, ay sinabing ang salmo o awit na ito ay inilalarawan "ang taong kaharian."

---

* Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa o kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo.**

1. ang kanyang katangian
2. ang kanyang impluwensiya
3. kanyang pag-uugali
4. kanyang kahahantungan

B. Ang Awit na ito ay ipinapahayag ang pang-tradisyong katuruan ng mga Hudyo na sa buhay na ito ang matuwid ay pagpapalain at ang masama ay paparusahan (i.e., ang dalawang paraan, cf. Deuteronomio 30:1,15-20). May mga uri ng tao na inilarawang katulad sa Jeremias 17:5-8.

C. Si Hesus ay tila ginamit ang Awit 1 bilang isang saligan balangkas para sa Kanyang Pangangaral sa Bundok, Mateo 5-7.

Sa kontekstong ito, ang mga salitang ito ay hindi ipinapahayag sa lahat ng mga tao, ngunit sa mga pangkasuduang bayan, mga taong na nalalaman ang kapahayagan ni YHWH ngunit piniling tanggihan ito. Ang Mateo 7:13-14 ay tila rin nakabahay sa ganitong katulad na napakahalagang aspeto ng pananampalataya. Sa ibaba ay ang mga tala mula sa aking komentaryo sa Mateo. Makikita mo ang buong komentaryo sa www.freebiblecommentary.org.

**MATEO 7**

**7:13** Ang talata ba ay nagpapahiwatig ng (1) pagpasok sa isang pintuan at pagkatapos, paglalakad sa isang landas; o (2) paglakad sa isang landas na tutungo sa isang pintuan; o (3) ito ba ay isang halimbawa ng Hebreong pagtutulad (paralelismo)? Ang katunayan na ang pintuan ay unang makikita at sinundan ng isang landas ay nagpapahiwatig na ito ay tumutukoy sa pagdating ng sinuman sa pagkakilala sa Diyos sa isang personal na na paraan sa pamamagitan ng mga katuruan ni Hesus at sinusundan ng pamumuhay sa isang bagong kahariang buhay. Ang ilan sa pagkalito dito ay maaaring ipagpalagay sa tatluhang aspeto ng biblikal na kaligtasan: (1) panimulang pananampalataya at pagsisisi; (2) pamumuhay na katulad kay Kristo; at (3) eskatolohikong kahahantungan. Ang parabulang ito ay katulad sa Lucas 13:23-27. Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ng "Pinto" sa NT sa 6:6.

▣ **"sa makipot na pintuan"** Ang uring ito ng pangkawikaang katotohanan ay kilala sa tradisyon bilang "ang dalawang paraan" (cf. Deuteronomio 30:15, 19; Awit 1; Kawikaan 4:10-19; Isaias 1:19-20 at Jeremias 21:8). Ito ay mahirap makilala kung sino ang kinakausap ni Hesus: (1) sa mga alagad (disipulo), (2) sa mga Fariseo, o (3) sa karamihan ng tao. Ang pangkalahatang konteksto ay nais ipahiwatig na ang talata ay nauugnay sa 5:20 at 5:48. Kung gayon, samakatuwid, ipinapahiwatig nito na ang may takdang likas ng pintuan ay hindi mga kautusan, tulad ng legalismo ng Fariseo, ngunit pamumuhay pag-ibig na umaagos sa isang pakikipag-ugnayan kay Kristo. Si Kristo ay mayroong mga kautusan (cf. Mateo 11:29-30), ngunit sila ay umaagos mula sa isang nabagong puso! Kung ating ilalagay ang talatang ito sa kaugnayan nito sa isang pang-Hudyo-Hentil na konteksto (cf. 6:7, 32), samakatuwid, ito ay nauugnay sa pananampalataya kay Hesus bilang Tagapagligtas (pintuan) at Panginoon (landas).

Simula sa vv. 13-27 mayroong isang kalipunan ng mga pag-iiba na nauugnay sa mga tao ng relihiyon.

1. ang dalawang paraan ng pagsasakatuparan ng mga pang-relihiyong katungkulan (vv. 13-14)
2. ang dalawang uri ng mga pinuno ng relihiyon (vv. 15-23)
3. ang dalawang saligan ng pang-relihiyong pamumuhay (vv. 24-27)

Ang tanong ay hindi kung kaninong pangkat ng mga relihiyoso ang tinutukoy ni Hesus, ngunit paaano tumugon ang mga relihiyoso sa kanilang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Ang ilan ay gumagamit ng relihiyon bilang isang balatkayo upang upang kagyat na pakinabangan ang papuri at gantimpala mula sa mga tao. Ito ay isang "ako" at "ngayon" na pagtuon sa pamumuhay (cf. Isaias 29:13; taga-Colosas 2:16-23). Ang tunay na mga tagasunod ay inaayos ang kanilang mga buhay sa liwanag ng mga salita ni Hesus tungkol sa kasalukuyan at sa darating na Kaharian ng Diyos.

▣ **"sapagkat maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa kapamahakan"** Ang "Daan" ay maaaring (1) isang talinghaga para sa pamumuhay at (2) ang pinakamaagang titulo ng iglesiya (cf. Mga Gawa 9:2; 19:9,23; 22:4; 24:14,22; 18:25-26). Ang talatang ito ay nagpapahiwatig

na ang kaligtasan ay hindi isang madaling kapasiyahan na umaakma sa pangunahing-agos ng kultura, ngunit isang tiyak na pagbabago ng buhay na naglalathala ng pagsunod sa mga prinsipyo ng Diyos. Ang katunayan na ang isang landas ay naghahatid ng pagkawasak ay nagpapakita ng pagwasak na kahihinatnan ng sinumang ipinapamuhay ang buhay na hiwalay sa Diyos. Kadalasan silang makikita na tila lubhang relihiyoso (cf. Isaias 29:13; Mateo 7:21-23; taga-Colosas 2:23)!

Ang pariralang ito ay may isang karaniwang pagkakaiba sa Griyegong manuskrito. Sa unang bahagi ng talata ito ay sinabing, "magsipasok sa makitid na pintuan," ngunit sa pangalawang bahagi, "ang pintuan" ay hindi isinama sa ansialong manuskrito א*, sa ilang mga lumang Latin na manuskrito, sa ilang mga Vulgatang manuskrito, ang Diatessaron, at ang Griyego mga teksto na ginamit nina Clemente at Eusebio. Ito ay makikita sa mga ansialong א[1], B, C, L, W, at ilang lumang Latin, Vulgata, Syriac, at Coptic na mga manuskrito. Kaya ang tanong ay, "Ito ba ay isiningit para sa pagtitimbang" o "natanggal na di-sinasadya?" Ang UBS[4] ay binibigyan ang mas mahabang teksto (i.e., ang pagsasama nito) ng isang "B" na antas (halos tiyak). Gayunman, ang pagsasama o pagtatanggal nito ay hindi nabago ang kahulugan ng teksto. Ito ay totoo sa malawak na nakakarami ng mga pagkakaiba sa NT sa mga 5,300 Griyegong Bagong Tipan na mayroon ngayon! Tingnan si Bruce Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, p. 19.

**7:14** Sa isang panahon ng "madaling-paniniwala," ito ay isang kinakailangang pagtitimbang! Hindi nito sinasabi na ang Kristiyanismo ay nakabatay sa pantaong pagpupunyagi, ngunit sa halip, ang buhay ng pananampalataya ay mapupuno ng pag-uusig. Ang "Makipot" sa talatang ito kabahagi ng katulad na salitang-ugat ng "pighati" o "pag-uusig" sa ibang mga talata ng NT. Ang pagbibigay-diin na ito ay ang tumpak na kabaliktaran ng Mateo 11:29-30. Ang dalawang talatang ito ay makikilala bilang ang "pintuan" at ang "daan o landas." Tayo ay dumulog sa Diyos sa pamamagitan ng Hesus bilang isang walang-bayad na kaloob ng Diyos (cf. taga-Roma 3:24; 5:15-17; 6:23; taga-Efeso 2:8-9), ngunit minsang ating Siyang makilala, ito ay ang perlas na may napakataas na halaga kung saan ating ipagbibili ang lahat ng ating taglay upang sumunod sa Kaniya. Ang kaligtasan ay lubusang walang-bayad, ngunit ito nagkakahalaga ng lahat ng bagay na kung ano tayo at ating taglay.

Ang pariralang "kakaunti ang nangakakasumpong noon" ay kailangang maihambing sa Mateo 7:13 at Lucas 13:23-24. Ang tanong ay "mas marami bang mapapahamak kaysa maliligtas?" Ang talata bang ito ay nagtuturo ng kaibahan sa bilang?

D. Ang mga rabbi ay pinagsasama ang Awit 1 at 2 sa isang salmo. Ito ay maaaring matiyak sa
   1. Mga Gawa 13:33, na tinatawag ang Awit 2 na "ang unang salmo"
   2. ang paggamit ng "mapalad" sa Awit 1:1 at 2:12 ay maaaring isang pampanitikang pamamaraan na tinatawag na *inclusio*
   3. nakakamangha na walang sa Awit 1 o Awit 2 ay may panimulang pariralang sa MT

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:1-3**

**1 Mapalad ang tao na hindi lumalakad sa payo ng masama,**
**ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan,**
**ni nauupo man sa upuan ng mga manglilibak!**
**2 Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng PANGINOON,**
**at sa kautusan niya nagbubulaybulay siya araw at gabi.**
**3 Siya'y magiging katulad ng punong kahoy na *matatatag na* itinanim sa mga agos ng tubig,**
**na nagbubunga ng kanyang mga bunga sa kaniyang kapanahunan,**
**At ang kaniyang dahon ay hindi malalanta;**
**At anumang kaniyang gawin ay magtatagumpay.**

**1:1-3** Tila mayroong isang pagpapatuloy ng mga sangkap ng panahon sa mga panimulang talata. Ang mga Hebreong PANDIWA ay hindi nagpapahayag ng panahon, konteksto lamang. Ito ay maaari na

1. ang GANAP NA MGA PANDIWA ng v. 1 ay nagpapakilala ng nakalipas na panahon (i.e., paano namuhay ang isang tao)

2. ang DI-GANAP PANDIWA ng v. 2 ay nagpapakilala ng kasalukuyang panahon (i.e., paraan kung paano mamuhay ang isang tao araw-araw)
3. ang talata 3 ay nagsisimula sa isang GANAP NA PANDIWA sa isang *waw* (tingnan ang Hebreong pang-gramitikang artikulo sa simula ng pahina iii) na maaaring magpakilala ng isang panghinaharap na kalagayan tulad ng pagiging-pinagpala (i.e., inaasahang pagiging-mabunga)

**1:1** Ang salitang "mapalad (pinagpala)" ay PANGMARAMIHAN ngunit ang LAYON ay PANG-ISAHAN, "ang tao." Ito ay maaaring maipaliwanag sa pamamagitan ng:

1. ang PANGMARAMIHAN ay isang Hebreong paraan upang ipakilala ang lahat ng mga pagpapala ng Diyos
2. "ang tao" ay isang PANG-ISAHANG PANGMARAMIHAN ay nagpapakilala ng lahat ng mga tao na nakakakilala at sumusunod sa Diyos (i.e., Santiago 1:2-23). Ito ay kung papaano ang terminong "isang puno" ay ginamit sa v. 3a.

Ang salitang ito ("pinagpala," BDB 80) ay nangangahulugang "masaya," "pinarangalan," o "may kaya" (cf. Mateo 5:3-12).

Walang tayo ang maaaring maging "masaya" na hiwalay mula sa Diyos. Tayo ay linikha sa pamamagitan Niya at para sa Kaniya (cf. Genesis 1:26-27; 3:8). Hanggang ang ating pakikipag-ugnayan sa ating Lumikha ay mataginting, ang lahat ng ibang bahagi ng pisikal na buhay ay hindi magdudulot ng tunay, pangmatagalang kaligayahan! Ang pakikipag-ugnayang ito ay may kapansin-pansing mga katangian!

▣ Pansinin ang tatlong *Qal* GANAP NA MGA PANDIWA na nagpapakilala ng likas na mga pagkilos at pag-uugali (i.e., palagiang katangian).

1. hindi lumalakad sa payo ng masama
2. hindi tumatayo man sa daan ng mga makasalanan
3. hindi nauupo man sa upuan ng mga manglilibak

Ang "mapalad" matapat na tagasunod ay inilarawan sa pamamagitan ng negations sa v. 1 at sa pamamagitan ng kanilang mga pagkilos sa v. 2.

▣ **"lumalakad sa payo ng masama"** Sinasabi nito kung ano ang kinabibilangan ng isang pamumuhay. Ang pagbibigay-diing ito sa pamumuhay ay pinapalakas ng paggamit ng MGA PANDIWANG "lumakad. . .tumayo. . .umupo." Tayo ay naaapektuhan ng pangkat na ating kinabibilangan, ating mga kasamahan (cf. 1 taga-Corinto 15:33).

Ang terminong "masama" (BDB 957) ay tumutukoy hindi lamang sa mga tahasang sumusuway sa kautusan (i.e., pagganap at pagkaligta) ngunit gayundin sa iniwan ang Diyos sa kanilang mga buhay (i.e., praktikal na ateista).

▣ **"PANGINOON"** Ito ay ang kasunduang pangalan para sa Diyos ng Israel, si YHWH.

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKA-DIYOS**

A. *El* (BDB 42, KB 48)
   1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagka-Diyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, "maging malakas" o "maging makapangyarihan" (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Awit 50:1).
   2. Sa Caananeo na panteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto)
   3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga

kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.

a. *El-Elyon* (Kataas-taasang Diyos, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
b. *El-Roi* ("Ang Diyos na nakakakita" o "Ang Diyos na naghahayag sa Kanyang sarili," BDB 42 & 909), Genesis 16:13
c. *El-Shaddai* ("Makapangyarihang Diyos" o "Diyos ang Lahat ng Pagkahabag" o "Ang Diyos ng Kabundukan," BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
d. *El-Olam* (ang Walang Hanggang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay maiuugnay sa teolohiya sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
e. *El-Berit* ("Ang Diyos ng Kasunduan," BDB 42 & 136), Hukom 9:46

4. Ang *El* ay itinutumbas sa
   a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
   b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, "Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama"
   c. *Shaddai* sa Genesis 49:25
   d. "panibugho" sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
   e. "awa" sa Deuteronomio 4:31; Nehemiah 9:31;
   f. "dakila at kamangha-mangha" sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemiah 1:5; 9:32; Daniel 9:4
   g. "kaalaman" sa I Samuel 2:3
   h. "aking matatag na kanlungan" sa II Samuel 22:33
   i. "aking tagapaghiganti" sa II Samuel 22:48
   j. "nag-iisang banal" sa Isaias 5:16
   k. "lakas" sa Isaias 10:21
   l. "aking kaligtasan" sa Isaias 12:2
   m. "dakila at makapangyarihan" sa Jeremias 32:18
   n. "ganti" sa Jeremias 51:56
5. Ang pagkakasama ng lahat ng mga pangunahing pangalan sa OT ng Diyos ay matatagpuan sa Josue 22:22 (*El, Elohim, YHWH,* inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)

1. Ang pangunahing kahulugan nito ay "mataas," "pinadakila," o "pinatayog pataas" (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemia 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Awit 18:13).
2. Ito ay ginagamit na isang katumbas na diwa sa maraming iba pang mga pangalan/titulo ng Diyos.
   a. *Elohim* – Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
   b. *YHWH* – Genesis 14:22; II Samuel 22:14
   c. *El-Shaddai* – Awit 91:1,9
   d. *El* – Bilang 24:16
   e. *Elah* – madalas gamitin sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, na maiuugnay sa *illair* (Aramaiko para sa "Mataas na Diyos") sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
3. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga di-Israelita.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:16
   c. Moises, tumutukoy sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
   d. Sa Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumulat sa mga Hentil, gumagamit din ng katumbas na Griyegong *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Mga Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), pangunahing ginagamit sa panulaan

(tula) (BDB 43, KB 52)

1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
2. Ang salitang ito ay tinatalaga sa Diyos ng Israel o sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang angkan ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Josue 24:2).
3. Ito ay maaaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).
4. Ang salitang *elohim* ay ginagamit din sa iba pang mga espiritwal na nilalang (mga anghel, pang-demonyo) tulad ng sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
5. Sa Bibliya, ito ay ang unang titulo/pangalan para sa pagka-Diyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay tanging ginagamit hanggang sa Genesis 2:4, kung saan ito ay isinasama sa YHWH. Ito ay pangunahing (sa teolohiya) tumutukoy sa Diyos bilang tagapaglikha, tagapagpatuloy, at tagapagbigay ng lahat ng buhay sa mundong ito (cf. Awit 104). It ay kasingkahulugan ng *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito rin na maaaring itulad sa YHWH sa Awit 14 (*Elohim*) ay katulad na katulad ng Awit 53 (YHWH), maliban sa pagbabago ng mga pangalang ng pagka-Diyos (dibino).
6. Bagaman PANGMARAMIHAN at ginamit sa ibang diyos, ang salitang ito ay kadalasang itinatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit kadalasang ito ay may PANG-ISAHANG PANDIWA upang mangahulugan ng paggamit ng iisang Diyos (monoteisko)
7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga di-Israelita bilang pangalan para sa pagka-diyos.
    a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
    b. Balaam, Bilang 24:2
    c. Moises, kapag nagsasalita sa mga bansa, Deuteronomio 32:8
8. Kataka-taka ito na ang isang karaniwang pangalan para sa monoteistikong Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Bagaman walang katiyakan, narito ang mga palagay (teoriya).
    a. Ang Hebreo ay may maraming MGA PANGMARAMIHAN, na kadalasang ginagamit sa bagbibigay-diin. Ang malapit na maiuugnay dito ay ang nahuling Hebreong pag-gramatikong katangian na tinatawag na "ang pangmaramihan ng maharlika," kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginagamit upang palakihin ang isang kaisipan (konsepto).
    b. Ito ay maaaring tumukoy sa isang kalipunan (konseho) ng mga anghel, na ipinupulong ng Diyos sa langit at silang gumagawa ng Kanyang paghihintay (cf. I Hari 22:19-23; Job 1:6; Awit 82:1; 89:5,7).
    c. Ito ay maaari pa ngang magpakilala ng kapahayagan sa NT ng iisang Diyos sa tatlong persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; Genesis 1:2 ang Espiritu ay lumimlim, at mula sa NT si Hesus ay kinatawan ng Diyos Ama sa paglilikha (cf. Juan 1:3,10; taga-Roma 11:36; I taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

1. Ito ay isang pangalan na nagpapakilala ng pagka-Diyos bilang Diyos na gumagawa ng kasunduan; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang sangkatauhan ang sumira sa mga kasunduan, ngunit ang Diyos ay tapat sa Kanyang salit, pangako, kasunduan (cf. Awit 103).

    Ang pangalang ito ay unang nabanggit sa kasama ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Sila ay hindi dalawang tala ng paglilikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagbibigay-diin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng kalawakan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang ang natatanging manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay pinasimulan ang natatanging kapahayagan patungkol sa tanging kalalagayan at layunin ng

sangkatauhan, gayundin ang suliranin ng kasalanan at paghihimagsik (rebelyon) na ikinakabit sa natatanging kalalagayan.

2. Sa Genesis 4:26 sinasabing "pinasimulan ng mga *tao* ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON" (YHWH). Subalit, ang Exodo 6:3 ay nagpapahiwatig na ang naunang mga tao ng kasunduan (tipan) (ang mga Patriyarka at kanilang mga angkan) ay kilala lamang ang Diyos bilang *El–Shaddai*. Ang pangalani YHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang pagkakataon sa Exodo 3:13-16, lalo na sa v. 14. Gayunman, ang mga sulat ni Moises kadalasang sinasalin ang salita sa pamamagitan ng mga kilalang paglalaro ng salita, hindi sa mga pinagmula ng salita (etimolohiya) (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong maraming mga palagay sa kung ano ang kahulugan ng pangalan na ito (kinuha mula sa IDB, tomo 2, pp. 409-11).
   a. Mula sa isang Arabeng salitang-ugat, "maipakita ang maalab na pagmamahal"
   b. Mula sa iang Arabeng salitang-ugat "umihip" (YHWH bilang Diyos ng unos)
   c. Mulas sa isang Urgatikong (Canaanito) salitang ugat "magsalita"
   d. Sumusunod sa isang Ponetikong tatak o inskripsyon, isang CAUSATIVE NA PANDIWARI na nangangahulugang "ang Isang nagbibigay-lakas," o "ang Isang nagtatatag"
   e. Mula sa Hebreong *Qal* na anyo "ang Isang siya," o "ang Isang umiiral" (sa panghinaharap na diwa, "ang Isang iiral")
   f. Mula sa Hebreong *Hiphil* na anyo "ang Isang nagdudulot ng pag-iral"
   g. Mula sa Hebreong salitang-ugat na "mabuhay" (e.g., Genesis 3:20), na nangangahulugang "ang nabubuhay kailanman, Isang nabubuhay lamang"
   h. Mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro ng DI-GANAP na anyo ay ginamit sa isang GANAP na diwa, "Ako ay magpapatuloy na maging ako sa kung ano ako dati" o "Ako ay magpapatuloy sa pag-iral sa kung anong palagiang pag-iral ako naging" (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Old Testament*, p. 67). Ang buong pangalani YHWH ay kadalasang inihahayag sa pagdadaglat o maaaring isang orihinal na anyo.
      (1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)
      (2) *Yahu* ("iah" katapusan ng mga pangalan, e.g., Isaias)
      (3) *Yo* ("Jo" simula ng mga pangalan, e.g., Josue o Joel)

3. Sa mga huling Judaismo ang kasunduang pangalan ay naging napaka-banal (ang tetragramaton) na ang mga Hudyo ay natatakot sabihin ito na baka nila masira ang kautusan ng Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa "may-ari," "puno," "asawang lalaki," "panginoon"—*adon* o *adonai* (aking panginoon). Kapag sila ay dumadating sa YHWH sa kanilang mga pagbasa sa tekstong OT ibinibigkas ito ng "panginoon." Ito ang dahilan kaya ani YHWH ay sinusulat na PANGINOON sa mga Ingles na salin.

4. Kasama ang *El*, ani YHWH ay kadalasang isinasama sa iba pang mga salitang upang bigyang-diin ang mga tiyak ang katangian ng Diyos ng Kasunduan ng Israel. Bagaman may maraming maaaring pagsasama ng mga salitan, ito ang ilan.
   a. *YHWH – Yireh* (si YHWH ay maghahanda, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
   b. *YHWH – Rophekha* (si YHWH ay iyong tagapagpagaling, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26
   c. *YHWH – Nissi* (si YHWH ang aking watawat, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
   d. *YHWH - Meqaddishkem* (si YHWH ang nag-iisang magpapabanal sayo, BDB 217 & 872, *Piel* PANDIWARI), Exodo 31:13
   e. *YHWH – Shalom* (si YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
   f. *YHWH – Sabbaoth* (si YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; kadalasan sa mga Propeta

g. *YHWH – Ro'I* (si YHWH ay aking pastol , BDB 217 & 944, *Qal* PANDIWARI), Awit 23:1
h. *YHWH – Sidqenu* (si YHWH ay ating katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
i. *YHWH – Shammah* (si YHWH ay nandito, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

▣ **"daan ng mga makasalanan"** Sa ugat na kahulugan ng salitang "daan" ay "landas" (cf. v. 6 [dalawang beses]) at isa pang terminong ginagamit sa pamumuhay. Ang mga matatapat ng tagasunod sa NT ay unang inilarawan bilang mga taong ng "ang Daan" (cf. Mga Gawa 9:2; 19:9,23; 22:4; 24:14,22). Ito ay nagpapahiwatig na ang biblikal na pananampalataya ay mas higit sa pagsang-ayon sa isang doktrina o pakikilahok sa isang ritwal, ngunit gayundin ang pamumuhay ng pagsunod at personal na na pakikipag-ugnayan (i.e., "lumalakad," cf. taga-Efeso 4:1,17; 5:2,15).

▣ **"upuan ng mga manglilibak"** Tayong lahat ng may mga pagpapalagay patungkol sa buhay. Ang "Mga Manlilibak" (BDB 539, KB 529, *Qal* PANDIWARI) ay ipinakikilala halimbawa ng isang walang relihiyong pesimista (i.e., Isaias 5:19; Jeremias 17:15; Ezekiel 12:22,27; Malakias 2:17; 1 Timoteo 4:1; 2 Timoteo 3:1-5; 2 Pedro 3:3-4; Judas v. 18).

**1:2 "ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng PANGINOON"** Ang terminong "kautusan" (BDB 435) ay nangangahulugang "katuruan." Sa Awit, "ang kautusan" ay palaging tumutukoy sa pangkalahatang mga katuruan ng Diyos (cf. Awit 119), hindi lamang mga sulat ni Moises. Ang kautusan ay hindi isang kabigatan sa mananampalataya sa OT(cf. Awit 19:7-13), ngunit ang mismong kapahayagan ni YHWH para sa mahabang buhay, kapayapaan, kasiguraduhan, kaligayahan, at kasaganahan.

**NATATANGING PAKSA: MGA SALITA PARA SA KAPAHAYAGAN NG DIYOS (na gamit ang DEUTERONOMIO at MGA AWIT)**

I. "Palatuntunan," BDB 349, "isang pagsasabatas, utos, o kautusan (batas)"
   A. Pang-lalaki, חק - Deuteronomio 4:1,5,6,8,14,40,45; 5:1; 6:1,24,25; 7:11; 11:32; 16:12; 17:19; 26:17; 27:10; Awit 2:7; 50:16; 81:4; 99:7; 105:10,45; 148:6
   B. Pang-babae, הקה - Deuteronomio 6:2; 8:11; 10:13; 11:1; 28:15,45; 30:10,16; Awit 89:31; 119:5,8,12, 16,23,26,33,48, 54,64,68,71,80, 83,112,124,135,145, 155,171
II. "Kautusan" BDB 435, "katuruan"
   - Deuteronomio 1:5; 4:44; 17:11,18,19; 27:3,8,26; 28:58,61; 29:21,29; 30:10; 31:9; Awit 1:2; 19:7; 78:10; 94:12; 105:45; 119:1,18,29, 34,44, 51,53,55,61,70, 2,77,85,92,97,109, 113,126,136, 142,150,153, 163, 165,174
III. "Mga patotoo" BDB 730, "kautusan ng Diyos"
   A. MARAMIHAN, עדה - Deuteronomio 4:45; 6:17,20; Awit 25:10; 78:56; 93:5; 99:7; 119:22,24,46,59,79, 95,119,125,138,146,152,167,168
   B. עדות or עדת - Awit 19:8; 78:5; 81:6; 119:2,14,31,36,88,99,111,129,144,157
IV. "Mga tuntunin" BDB 824, "isang pagtatalaga"
   - Awit 19:8; 103:18; 111:7;119:4,15,27,40,45,56,63,69,78,87, 93,94,100, 104, 110,128,134,141,159,168,173
V. "Mga kautusan" BDB 846
   - Deuteronomio 4:2,40; 5:29; 6:1,2,17,25; 8:1,2,11; 10:13; 11:13;

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | 15:5; 26:13,17; 30:11,16; Awit 19:8; 119:6,10,19,21,32,35, 47, 48,60,66, 73,86,96, 98,115, 127,131,143,151,166,176 |
| VI. | "Mga pagtatahol/kahatulan" BDB 1048, "mga pamamahala" o "katarungan" | | |
| | | - | Deuteronomio 1:17; 4:1,5,8,14,45; 7:12; 16:18; 30:16; 33:10,21; Awit 10:5; 18:23; 19:10; 48:12; 89:30; 97:8; 105:5,7; 119:7,13,20, 30,39,43,52,62,75,84, 102,106,120,132,137, 149, 156,160,164; 147:19; 149:9 |
| VII. | "Kanyang mga paraan" BDB 202, ang patnubay ni YHWH para sa pamumuhay ng Kanyang bayan | | |
| | | - | Deuteronomio 8:6; 10:12; 11:22,28; 19:9; 26:17; 28:9; 30:16; 32:4; Awit 119:3, 5,37,59 |
| VIII. | "Kanyang mga salita" | | |
| | A. BDB 202 | - | Deuteronomio 4:10,13,36; 9:10; 10:4; Awit 119:9,16,17,25, 28, 42, 43, 49,57,65,74, 81,89,101,105, 107,114, 130, 139, 147,160, 161, 169 |
| | B. BDB 57 | | |
| | 1. "salita" | - | Deuteronomio 17:19; 18:19; 33:9; Awit 119:11,67,103,162, 170, 172 |
| | 2. "pangako" | - | Awit 119:38,41,50,58,76,82,116,133,140,148,154 |
| | 3. "kautusan" | - | Awit 119:158 |

▣ **"nagbubulaybulay siya araw at gabi"** Ang PANDIWANG ito (BDB 211, KB 237, *Qal* DI-GANAP) nagpapakilala ng isang "banayad na pagbasa" ng mga katotohanang inihayag ni YHWH. Ang mga sinauna ay hindi nagbabasa nang tahimik, kaya ito ay nararapat na tumukoy sa mapayapang pagbasa.

Pansinin kung paano ginamit ang PANDIWANG ito.

1. nagbubulay sa mga katuruan ni YHWH – Awit 1:2; Josue 1:8
2. nagbubulay kay YHWH mismo – Awit 63:7
3. nagbubulay sa mga gawa ni YHWH – Awit 77:13; 143:5
4. nagbubulay sa kakilabutan – Isaias 33:18

Ano ang iyong pinagbubulay-bulayan?

Ang ating buhay pangkaisipan ay ang binhing sisidlan para sa ating mga pagkilos (cf. Kawikaan 23:7). Ang talatang ito ay nagbibigay-diin sa prinsipiyo ng nagpapatuloy (i.e., araw at gabi) na pagpapanatili ng Diyos at Kanyang kalooban sa ating kamalayan. Ito ang orihinal na hangarin na sumasagisag sa Deuteronomio 6:8-9. Aking isinama ang puna (komento) mula sa mula sa mga talatang ito dito.

**Deuteronomio 6**

**6:8 "iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo"** Sa orihinal, ang pariralang ito ay tila ginamit bilang isang talinghaga (cf. LXX). Ang konteksto ay mga pagkakataon ng pamumuhay na pagtuturo para sa salita ng Diyos. Gayunman, ang mga rabbi ay kinuha ang talatang ito nang lubhang literal at sila ay nasimulang magbalabal ng isang panali ng gawa sa balat paikot sa kanilang kaliwang kamay na may isang maliit ng kahong (*tefillin*) nakadikit na naglalaman ng piling Banal na Kasulatan mula sa Torah. Ang katulad na uri ng kahon ay nakatali din sa ulo. Ang mga "pilakteri" o "mga pangharap" (BDB 377) ay nabanggit din sa Deuteronomio 11:18 at Mateo 23:5.

**6:9 "At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan"** Ito muli ay isang simpolikong pagpapahayag na ang Diyos ay kailangang magkaroon ng bahagi, hindi lamang sa ating ating pangtahanan buhay, ngunit sa ating panlipunang buhay (i.e., pintuang daan, cf. 21:19; 22:15,24). Bilang ang pasukan (BDB 265) ng tahanan ay adalasang makikita bilang lugas ng demonyo sa Griyego at Romanong mundo, sa pang-Hudyong mundo ito ay kumakatawan ang presensiya ng Diyos (i.e., ang lugar kung saan ang dugo ng Paskwa ay inilagay, cf. Exodo 12:7,22,23).

"Iyong mga pintuang-bayan" (BDB 1044) ay maaaring tumukoy sa ang lugar ng panlipunang pagtitipon at katarungan (i.e., tulad ng mga pintuang-bayan ng lungsod). Kadalasang, ang mga maliliit na kahon at at tanda sa pintuan (*mezuza*) ay nagtataglay ng maraming pangkat ng mga talata ng Banal na Kasulatan: Deuteronomio 6:4- 9; 11:13-21 at Exodo 13:1-10,11-16.

**1:3 "tulad ng punong kahoy"** Mayroong isang nakakikintal na talinghaga nito sa Jeremias 17:5-8. Para isang komunidad sa disyerto, ang mabungang puno ay isang sagisag ng kalakasan at kasaganahan.

▣ Ang PANDIWA (BDB 1060, KB 1670, *firmly* planted," *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI) ay nanganga-hulugang "inilipat" (cf. Awit 92:14; Jeremias 17:8; Ezekiel 17:10,22; 19:10,13; Osias 9:13). Ito ay nagpapahiwatig na ang taong ito, tulad ng lahat ng mga tao, ay hindi orihinal na isang mabungang mananampalataya. Ang paglago ay kinakailangang ang panahon, pagpapagal, at lalo na ang biyaya ng Diyos. Ginagamit ni Pablo ang isang litanya ng mga teksto sa OT upang ilarawan ang panimulang kasamaan ng mga tao pagkatapos ng Pagkapahamak (cf. taga-Roma 3:10-18).

1. vv. 10-12 – Awit 14:1-3; 53:1-4
2. v. 13 – Awit 5:9; 140:3
3. v. 14 – Awit 10:7
4. vv. 15-17 –Isaias 59:7-8
5. v. 18 – Awit 36:1

Tayong lahat ay "inilipat" mula sa paghihimagsik patungo sa pagpapala!

▣ **"agos ng tubig"** Ito ay PANGMARAMIHAN at nagpapahayag ng isang detalyadong sistema ng irigasyon.

▣ **"nagbubunga sa kaniyang kapanahunan"** Ito ay isang biblikal na talinghaga upang ilarawan ang isang malagong espirituwal na buhay (cf. Mateo 7:15-27). Ang layunin ng pananampalataya ay pagkamatapat! Ang katulad na larawan ay may eskatolohikong kalagayan sa Pahayag 22.

▣ **"ang kaniyang dahon nama'y hindi malalanta"** Ito ay isang eskatolohikong paksa (cf. Ezekiel 47:12; Pahayag 22:2). Ang mga pang-agrikulturang talinghaga ay lubhang makapangyarihan para sa mga magsasaka at mga nagpapaostol sa mga halos tigang na mga lugar.

**1:3-4 "anumang kaniyang gawin ay giginhawa. . . ng masama ay hindi gayon"** Ito ay ang pananaw sa OT na ang mga pansamantala na pagpapala at mga sumpa ay batay sa espirituwal na buhay ng sinuman (cf. Deuteronomio 28 at 30).

Gayunman, ito ay kailangang timbangin sa buhay ni Job, Awit 37 at 73, at gayundin ang kapahayagan ng NT. Ang OT ay isang kasunduang batay sa pagsasakatuparan ngunit ang NT ay isang kasunduan na batay sa biyaya (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38; taga-Efeso 2:8-10). Kapwa ay naghahangad ng maka-Diyos na mga tagasunod na magpapamalas ng katangian ni YHWH.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:4-6**

**4 Ang masama ay hindi gayon,**
**Ngunit sila ay tulad ng ipa na itinataboy ng hangin.**
**5 Samakatuwid, ang masama ay hindi tatayo sa kahatulan,**
**ni ang mga makasalanan man sa kapisanan ng mga matuwid.**
**6 Sapagka't nalalaman ng PANGINOON ang lakad ng mga matuwid,**
**nguni't ang landas ng masama ay mapapahamak.**

**1:4 "tulad ng ipa"** Ito ay isang karaniwang biblikal na talinghaga para sa alinman na panadalian, pansamantala, o madaling lumipas (cf. 35:5; 83:13; Job 21:18; Isaias 17:13; 29:5; 40:24; 41:15-16; Jeremias 13:24; Osias 13:3).

Mayroong dalawang paraan upang makita ang kahatulan ng makasalanan.

1. pansamantala – walang kaligayahan, walang kasaganahan, maagang kamatayan (cf. Mateo 7)
2. eskatolohiko – pangyayari sa pangwakas na kahatulan, kung saan ang walang hanggang kahahantungan ay naihayag (cf. Mateo 25; Pahayag 20)

**1:5 "tatayo"** Ang PANDIWA (BDB 763, KB 840) ay may pakahulugang isang pangkautusang kalagayan (cf. Kawikaan 19:21; Isaias 14:24; note taga-Roma 8:31-38). Ang mga makasalanan/ masasama ay

1. walang karapatang ipahayag ang kanilang kalalagayan
2. walang karapatang magkaroon ng kinatawan sa hukuman
3. walang mga maaaring katuwiran
4. walang pag-asa para sa isang paayong kahatulan

▣ **"sa kahatulan"** Ito ay nagpapahiwatig na bawat-isa ay may pananagutan para sa kanilang mga pagkilos at isang araw ay magbibigay ng pagsusulit sa Diyos (cf. Mateo 25:31-46; 1 taga-Corinto 3:10-15; Pahayag 20:11-15). Sa OT katotohanang ito ay unti-unting umuunlad (cf. Job 19:25-27; Daniel 12:2).

▣ **"ang masama…mga makasalanan"** Mayroong maraming naglalarawang titulo ang binigay sa kanila na hindi "lumalakad/tumtayo/umuupo."

1. ang masama, vv. 1, 5, 6 (BDB 957)
2. mga makasalanan, vv. 1, 5 (BDB 308)
3. mga manlilibak, v. 1 (BDB 539)

Ang NIDOTTE, tomo 3, p. 1202, ay nagtala ng iba't-ibang Hebreong mga termino na naglalarawan sa kanila na hindi kumikilala at sumusunod kay YHWH (i.e., ang matuwid).

1. mga manggagawa ng kasamaan – Awit 28:3; 92:7; 101:8; 141:9
2. manggagawa ng kasamaan – Awit 26:5; 37:9; Kawikaan 24:19
3. masamang tao – Awit 10:15; Kawikaan 4:14; 14:19; 24:20
4. mamimighati – Job 15:20; 27:13; Isaias 13:11
5. mga makasalanan – Awit 1:1,5; 104:35
6. mga manlilibak – Awit 1:1; Kawikaan 9:7
7. mga sinungaling – Awit 58:3
8. mga sumusuway sa kautusan – Kawikaan 2:22; 21:18; Jeremias 12:1; Habakkuk 1:13
9. ang kaaway – Job 27:7; Awit 3:7; 17:9; 55:3

▣ **"sa kapisanan ng mga matuwid"** Pansinin ang pagtutulad (paralelismo) sa pagitan ng pariralang ito at "sa kahatulan." Ang mga pariralang ito ay dapat na tumukoy sa isang pagtitipon sa tunay, mga matapat na tagasunod kung saan ang mga masasama ay hindi kinilala o walang kakayahang magsalita.

Ang "kapisanan" ay maaaring tumukoy sa

1. nagkakatipong pagsamba (i.e., Awit 22:25; 35:18; 40:9-10)
2. isang titulo para sa mga tao ng Diyos (i.e., Exodo 12:3,6,19,47; 16:1,2,9,10,22)

**NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN**

Ang "Katuwiran" ay isang tunay na napakahalagang paksa na ang estudyante ng Bibliya ay

dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang "makatarungan" o "matuwid" (BDB 841). Ang Mesopotamyang salita mismo ay nagmula sa tambo ng ilog na ginamit kagamitan sa pagkakayari (konstruksyon) upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinahatulan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalin Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan(cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalikin ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. Roma 1:18-3:20).

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. Roma 3:21-31; Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. <u>paghahayag</u> na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. <u>malayang pagbibigay</u> sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinilang na katuwiran).
3. <u>pagkakaloob</u> ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo, ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., libreng ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Ang katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na "pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap." Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na "katuwiran" sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaiosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *SDQ* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong panitikan. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay kaugnay sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan nito ay laging nakabalangkas sa kasunduang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang katangian. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang

ito ay magdudulot ng bagong maka-Diyos na pamumhay (ang Romano Katoliko ay nakatuon sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya, walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng secular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado (kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa Ingles na "katarungan" (na inuugnay sa lipunan) at "katuwiran" (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan na muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay walang bayad na pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na lumago sa pagiging maka-Diyos (ang kinatatayuan ni Augustino, na nagpapakita ng kapwa pagbibigay-diin ng Repormasyon at sa kawalang-bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay-diin ng Romano Katoliko sa binagong-buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga *Reformers* ang salitang "ang katuwiran ng Diyos" ay isang LAYONG DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALING DYENITIBO, na pamamaraan ng pagiging katulad ng Diyos [pangkaranasang umuunlad na pagpapaging-banal]. Sa katunayan, ito ay kapwa totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa katulad na tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang larawan ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang maitalata ang pagtalakay sa itaas, pansining ang mga sumusunod na piniling mga tala sa NT na nagpapakita ng pangkat ng salita sa Griyego.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas naiuugnay sa Diyos bilang Hukom)
    a. taga-Roma 3:26
    b. II taga-Thesalonica 1:5-6
    c. II Timoteo 4:8
    d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
    a. Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (titulo ng Mesias)
    b. Mateo 27:19
    c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
    a. Levitico 19:2
    b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran
    a. taga-Roma 3:21-31
    b. taga-Roma 4
    c. taga-Roma 5:6-11
    d. taga-Galacia 3:6-14
    e. Ibinigay ng Diyos
        1) taga-Roma 3:24; 6:23
        2) I taga-Corinto 1:30
        3) taga-Efeso 2:8-9
    f. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
        1) taga-Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
        2) II taga-Corinto 5:21
    g. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
        1) taga-Roma 5:21

2) II taga-Corinto 5:21
3) taga-Filipos 2:6-11

5. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
   a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
   b. taga-Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
   c. I Timoteo 6:11
   d. II Timoteo 2:22; 3:16
   e. I Juan 3:7
   f. I Pedro 2:24
6. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
   a. Gawa 17:31
   b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. Isang kautusan ng Diyos
2. Isang kaloob ng Diyos
3. Isang pagkilos ng Kristo

Ngunit ito rin ay pamamaraan ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagproprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*! Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Paul at His Letters* mula sa IVP

"Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pang-ugnayang aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang-sala. Si Calvin ay nagbibigay -iin sa kamangha-manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin" (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto.

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay-diin ng mga Silanganin Iglesya at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay-diin nina Augustino at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga suliranin ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!
Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!
Dapat nating itaguyod ang pagiging katulad ni Kristo!

**1:6 "nalalaman ng PANGINOON"** Ang terminong "nalalaman" ay nangangahulugang "napakalapit na personal na na pakikipag-ugnayan" (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5).

**NATATANGING PAKSA: MAKILALA (kadalasang paggamit ng Deuteronomio bilang isang huwaran)**

Ang Hebreong salita na "makilala" (BDB 393) ay may maraming pagkakaunawa (*semantikong pagkakagamit*) sa *Qal*.

1. upang malaman ang mabuti o masama – Genesis 3:22; Deuteronomio 1:39; Isaias 7:14-15; Jonas 4:11
2. upang makakilala sa pamamagitan ng pagunawa – Deuteronomio 9:2,3,6; 18:21
3. upang makakilala sa pamamagitan ng karanasan – Deuteronomio 3:19; 4:35; 8:2,3,5; 11:2; 20:20; 31:13; Josue 23:14
4. upang isaalang-alang – Deuteronomio 4:39; 11:2; 29:16
5. upang makilala nang personal
    a. ang isang tao – Genesis 29:5; Exodo 1:8; Deuteronomio 22:2; 33:9
    b. isang diyos – Deuteronomio 11:28; 13:2,6,13; 28:64; 29:26; 32:17
    c. YHWH – Deuteronomio 4:35,39; 7:9; 29:6; Isaias 1:3; 56:10-11
    d. pagtatalik – Genesis 4:1,17,25; 24:16; 38:26
6. isang natutunang kasanayan o kaalaman – Isaias 29:11,12; Amos 5:16
7. maging marunong – Deuteronomio 29:4; Kawikaan 1:2; 4:1; Isaias 29:24
8. Karunungan ng Diyos
    a. ni Moises – Deuteronomio 34:10
    b. ng Israel – Deuteronomio 31:21,27,29

▣ **"ang landas ng masama ay mapapahamak"** Ang teolohikong tanong ay ano ang ibig-sabihin ng "mapapahamak" (BDB 1, KB 2)?

1. lubusang pagkawala (i.e., paglipol)
2. hindi magtatagal sa mundo (i.e., kamatayan)

Ang isyu ay naging matindi sa makabagong pagtalakay ng isang walang hanggang impyerno. Ang ilang mga ebanghelikong iskolar (i.e., John Stott) ay nagtataguyod isang kapanahunan ng kahatulan, pagkatapos ay pagkawala para sa mga makasalanan sa halip na isang walang hanggang kaparusahan. Ang aking suliranin sa katulad na salitang, "walang hanggang," na ginamit sa Mateo 25:46, ay inilalarawan ang kapwa "kaparusahan" at "eskatolohikong buhay." Hindi ko makita kung paanong ang isang kinasihang manunulat ay maaaring gamitin sila sa magkaibang mga kaunawaan sa parehong talata.

**NATATANGING PAKSA: NASAAN ANG MGA PATAY?**

I. Lumang Tipan
  A. Ang lahat ng tao ay mapupunta sa *Sheol* (ang etimolohiya ay hindi tiyak, BDB 1066), na ito ay isang paraan upang tukuyin ang kamatayan o ang libingan, na madalas sa mga Karunungang Panitikan at Isaias. Sa OT ito ay isang maanino, may kamalayan, ngunit walang kaligayahang pag-iral (cf. Job 10:21-22; 38:17).
  B. Katangian ng *Sheol*
    1. inuugnay sa kahatulan ng Diyos (apoy), Deuteronomio 32:22
    2. inuugnay sa kahatulan kahit na bago dumating ang araw ng Paghuhukom, Awit 18:4-5
    3. inuugnay sa *abaddon* (pagkawasak), na kung saan nandoon din ang Diyos, Job 26:6; Awit 139:8; Amos 9:2
    4. inuugnay sa "ang hukay" (libingan), Awit16:10; Isaias 14:15; Ezekiel 31:15-17
    5. ang masasama ay bababa ng buhay sa *Sheol*, Bilang 16:30,33; Awit 55:15
    6. kadalasang kinakatawang ng isang hayop na may malaking bunganga, Bilang 16:30; Isaias 5:14; Habakkuk 2:5
    7. ang mga tao doon ay tinatawag na *Repha'im*, Isaias 14:9-11

II. Bagong Tipan
  A. Ang Hebreong *Sheol* ay isinalin sa Griyegong *Hades* (ang di-nakikitang mundo)

B. Katangian ng *Hades*
   1. tumutukoy sa kamatayan, Mateo 16:18
   2. inuugnay sa kamatayan, Pahayag 1:18; 6:8; 20:13-14
   3. kadalasang inuugnay sa lugar ng palagiang pagpaparusa (*Gehenna*), Mateo 11:23 (sipi sa OT); Lucas 10:15; 16:23-24
   4. kadalasang inuugnay sa libingan, Lucas 16:23
C. Maaaring pagkakahati-hati (mga rabi)
   1. ang matuwid na bahagi ay tinatawag na paraiso (totoong ibang pangalan para sa langit, cf. II taga-Corinto 12:4; Pahayag 2:7), Lucas 23:43
   2. ang masamang bahagi ay tinatawag na *Tartarus*, II Pedro 2:4, kung saan ito ang lugas na tinatangan ang mga masamang anghel (cf. Genesis 6; I Enoch)
D. *Gehenna*
   1. Ipinaliliwanag nito ang pariralang OT, "ang lambak ng mga anak ni Hinnom," (timog ng Herusalem). Ito ay lugar na ang apoy na diyos ng Phoenicia, *Molech* (BDB 574), ay sinamba sa pamamagitan ng pagaalay ng bata (cf. II Hari 16:3; 21:6; II Cronica 28:3; 33:6), ito ay ipinagbabawal sa Levitico 18:21; 20:2-5.
   2. Si Jeremias ay binago ito mula sa isang lugar ng paganong pagsamba sa isang lugar ng paghuhuko ni YHWH (cf. Jeremias 7:32; 19:6-7). Ito ay naging isang lugar ng apoy, walang hanggang paghuhukom sa I Enoch 90:26-27 at Sib. 1:103.
   3. Ang Hudyo sa panahon ni Hesus na nangingilabot sa pakikilahot ng kanilang mga ninuno sa paganong pagsamba sa pamamagitan ng pag-aaral ng bata, ay ginawa nilang lugar na pinagtatapunan ng basura para Herusalem. Marami sa mga talinghaga ni Hesus para sa mga walang hanggang parusa ay nanggaling sa tapunang ito (apoy, usok, mga uod, nakakasulasok na amoy, cf. Marcos 9:44,46). Ang salitang *Gehenna* ay ginamit lamang ni Hesus (maliban sa Santiago 3:6).
   4. Ang paggamit ni Hesus sa *Gehenna*
      a. apoy, Mateo 5:22; 18:9; Marcos 9:43
      b. pamalagian, Marcos 9:48 (Mateo 25:46)
      c. lugar ng pagkawasak (kapwa kaluluwa at katawan), Mateo 10:28
      d. inihahalintulad sa *Sheol*, Mateo 5:29-30; 18:9
      e. itinatangi ang mga masasama bilang "anak ng impyerno," Mateo 23:15
      f. bunga ng pagpapataw na kaparusahan, Mateo 23:33; Lucas 12:5
      g. ang kaunawaan sa *Gehenna* ay maihahalintulad sa pangalawang kamatayan (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14) o sa lawa ng apoy (cf. Mateo 13:42,50; Pahayag 19:20; 20:10,14-15; 21:8). Maaaring ang lawa ng apoy ay magiging pamalagiang lugar na titirhan ng mga tao (mula sa *Sheol*) at mga masamang anghel (mula sa *Tartarus*, II Pedro 2:4; Hudas v. 6 o sa kailaliman, cf. Lucas 8:31; Pahayag 9:1-11; 20:1,3).
      h. hindi ito ginawa para sa mga tao, ngunit para kay Satanas at sa kanyang mga anghel, Mateo 25:41
E. Ito ay maaari, dahil sa pagpapatong ng *Sheol*, *Hades*, at *Gehenna* na
   1. sa simula lahat ng mga tao ay mapupunta sa *Sheol/Hades*
   2. ang kanilang karanasan (mabuti/masama) ay ay papalalain pagkatapos ng Araw ng Paghuhukom, ngunit ang lugar ng mga masasama ay mananatiling katulad ng dati (ito ang dahilan kung bakit isinali ng KJV ang *hades* (libingan) bilang *gehenna* (impyerno).
   3. ang nag-iisang talata sa NT na nagbanggit ng pagdurusa bago ang Paghuhukom ay ang parabula sa Lucas 16:19-31 (Lazaro at ang Mayaman). Ang *Sheol* ay inilalarawan din bilang isang lugar ng pagpaparusa ngayon (cf. Deuteronomio 32:22; Awit 18:1-5). Subalit, ang sinuman ay hindi makakabuo ng doktrina sa isang

parabula.

III. Panggitnang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

A. Ang NT ay hindi nagtuturo ng “pagiging walang kamatayan ng kaluluwa,” na isa sa maraming mga sinaunang pananaw pagkatapos ng buhay.

1. ang mga kaluluwa ng tao ay umiiral na bago pa ang pisikal na buhay
2. ang mga kaluluwa ng tao ay walang-hangan bago at pagkatapos ng pisikal na buhay
3. kadalasang ang pisikal na katawan ay nakikita bilang isang bilangguan at ang kamatayan bilang paglaya pabalik sa dating kalagayan bago ang pag-iral

B. Ang NT ay nagpapahiwatig ng nabuwag na kalalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

1. Si Hesus ay nagsalita sa pagkakahati sa pagitan ng katawan at kaluluwan, Mateo 10:28
2. Si Abraham ay maaaring nagkaroon ng isang katawan ngayon, Marcos 12:26-27; Lucas 16:23
3. Si Moises at Elias ay may pisikal na katawan sa pagbabagong-anyo ni Hesus, Mateo 17
4. Binigyang-diin ni Pablo na ang Pangalawang Pagparito, ang mga kaluluwa kasama ni Kristo ay makakatanggap muna ng mga katawan, I taga-Thesolonica 4:13-18
5. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay makatatanggap ng bagong espirituwal na katawan sa araw ng muling pagkabuhay, I taga-Corinto 15:23,52
6. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay hindi mapupunta sa *Hades*, ngunit sa kamatayan ay kasama ni Hesus, II taga-Corinto 5:6,8; taga-Filipos 1:23. Napagtagumpayan ni Hesus ang kamatayan at kinuha ang mga matutuwid na kasama Niya sa langit, I Pedro 3:18-22.

IV. Ang Langit

A. Ang salita ay ginamit sa tatlong mga diwa sa Bibliya.

1. ang *atmosphere* sa taas ng lupa, Genesis 1:1,8; Isaias 42:5; 45:18
2. ang mabituing kalangitan, Genesis 1:14; Deuteronomio 10:14; Awit 148:4; Hebreo 4:14; 7:26
3. ang lugar ng luklukan ng Diyos, Deuteronomio 10:14; I Hari 8:27; Awit 148:4; taga-Efeso 4:10; Hebreo 9:24 (pangatlong langit, II taga-Corinto 12:2)

B. Ang Bibliya ay hindi naghayag nang marami patungkol sa pagkatapos ng buhay, marahil dahil ang mga nalugmok na mga sangkatauhan ay walang paraan o kakayahan na maunawaan (cf. I taga-Corinto :9).

C. Ang langit ay kapwa isang lugar (cf. Juan 14:2-3) at isang persona (cf. II taga-Corinto 5:6,8). Ang langit ay maaaring ipanumbalik sa Hardin ng Eden (Genesis 1-2; Pahayag 21-22). Ang mundo ay malilinis at maibabalik sa dati (cf. Gawa 3:21; taga-Roma 8:21; II Pedro 3:10). Ang larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27) ay napanumbalik ni Kristo. Ngayon ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden ay maaari muli.

Subalit, ito ay maaaring isang talinghaga (ang langit bilang isang malaki, malakubong lungsod sa Pahayag 21:9-27at hindi literal. Inilalarawan ng I taga-Corinto 15 ang pagkakaiba sa pagitan ng pisikal na katawan sa espirituwal na katawan bilang isang binhi sa isang ganap na halaman. Muli, ang I taga-Corinto 2:9 (isang sipi mula sa Isaias 64:4 at 65:17) ay isang dakilang pangako at pag-asa! Nalalaman ko na kapag makita natin Siya, tayo ay magiging katulad Niya (cf. I Juan 3:2).

V. Mga mapagkukunang tulong

A. William Hendriksen, *The Bible On the Life Hereafter*

B. Maurice Rawlings, *Beyond Death’s Door*

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang kahulugang ng pariralang "ang dalawang landas o daan"
2. Ilarawan ang pagkakaiba sa pagitan ng matuwid na tao at masamang tao sa Awit na ito.
3. Ipaliwanag ang gamit ng mga talinghaga:
    a. lumalakad. . .daan
    b. puno
    c. ipa
4. Ang Awit bang ito ay nagtuturo ng isang eskatolohikong kahatulan o pansamantalang kahatulan?
5. Paano maiuugnat ang Awit na ito sa Job, o Awit 37 at 73?
6. Bakit itinuturing ang Awit na ito na isang panimula sa buong Salmo?

# AWIT 2

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Paghahari ng Hinirang ng PANGINOON<br>Walang Panimula sa MT | Ang Tagumpay at Kaharian ng Mesias | Ang PANGINOON ay Nagka-loob ng Pangsansinukop na Pamumuno sa Kanyang Hari (Isang Maharlikang Awit, Kinatha para sa isang Pagpuputong) | Ang Piniling Hari ng Diyos | Ang Dulang Pang-Mesias |
| 2:1-3 | 2:1-3 | 2:1-3 | 2:1-3 | 2:1-3 |
| 2:4-6 | 2:4-6 | 2:4-6 | 2:4-6 | 2:4-6 |
| 2:7-9 | 2:7-9 | 2:7-9 | 2:7-9 | 2:7-9 |
| 2:10-12 | 2:10-12 | 2:10-12b | 2:10-12 | 2:10-12 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
**PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay nauunawaan sa NT na pang-Mesias (cf. Hebreo 1:5; 5:5, i.e., isang anak, cf. Awit 1:7). Ito ay ginamit nina
   a. Pedro sa Mga Gawa 4:25
   b. Pablo sa Mga Gawa 13:33
   Ang suliranin dito na pagtukoy kay Hesus ay talata 7. Tingnan ang buong mga tala na nauugnay sa "sa araw na ito ay ipinanganak Kita."

B. Ang pang-Mesias na pamumuno ay magiging panglahat o pangsansinukob (ito ay ang

maliwanag na pagpapatibay sa monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:9, cf. Awit 2:8; Pahayag 12:5; 19:5; tingnan ang aking komentaryo sa Pahayag sa internet sa www. freebiblecommentary.org).

C. Mayroong pakikipaglaban mula sa "mga bansa" (cf. 2:1-3). Maraming mga komentorista ang inuugnay ito bilang isang huling-panahong panghukbong sagupaan (i.e., premillennialism) sa pagitan ng sa kanilang nakakakilala kay YHWH at sa Kanyang Mesias at sa kanilang hindi! Ito ay ang kapuspusan ng pangako sa Genesis 3:15 at ang bagong kalangitan at bagong mundo ng Pahayag 21-22. Lahat ng bagay sa pagitan ng ay isang nakakakilabot na panaklong ng paghihimagsik na nagpapawalang-bisa ng plano ng Diyos na pakikipag-ugnayan sa Kanyang pinakamataas na nilikha (i.e., Genesis 1:26-27; 3:8).

D. Ang sagupaan ay maaaring dumating ngunit si YHWH ay may isang walang hanggang plano ng katubusan na kinapapalooban ng Kanyang Mesias.

**NATATANGING PAKSA: WALANG HANGGANG PLANO NG KATUBUSAN NI YHWH**

Dapat kong aminin sa inyo, mga mambabasa na ako ay kinikilingan sa puntong ito. Ang aking sistematikong teolohiya ay hindi Calvinismo o Dispensesyonalismo, ngunit ito ay Dakilang Komisyong ebandyelikalismo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8). Naniniwalang akong ang Diyos ay may isang walang hanggang plano para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (e.g., Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5- 6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 18; 36:22-39; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; taga-Roma 3:9-18,19-20,21-31), lahat ng sa kanilang nilikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga kasunduan ay nagkakaisa kay Kristo (cf. taga-Galacia 3:28-29; taga-Colosas 3:11). Si Hesus ang hiwaga ng Diyos, itinago ngunit ngayon ay inihayag na (cf. taga-Efeso 2:11-3:13)! Ang ebanghelyo ng NT, hindi Israel, ang susi sa Banal na Kasulatan.

Ang pagkakaunawalang ito ang nagbibigay-kulay sa aking mga pagbibigay-kahulugan ng Banal na Kasulatan. Binabasa ko ang lahat ng mga teksto sa pamamagitan nito! Ito ay tiyak na isang pagkiling (lahat ng mga tagapagpaliwanag ay mayroon nito!), ngunit ito ay isang pagpapalagay na may kabatiran mula sa Banal na Kasulatan.

Ang pagtuon ng Genesis 1-2 ay ang paglalang ni YHWH ng isang lugar na Siya at ang Kanyang pinakamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay magkakasama (cf. Genesis 1:26,27; 3:8). Ang pisikal na paglilikha ay isang yugto para sa ganitong interpersonal na banal na adyenda.

1. Si Augustino ay inilarawan ito bilang isang butas na hinugis ng Diyos sa bawat tao na maaaring punuin lamang ng Diyos mismo.
2. Si C. S. Lewis ay tinawag ang planetang ito na "ang hinipong planeta," (i.e., inihanda ng Diyos para sa mga tao).

Ang OT ay mayroong maraming mga pahiwatig para sa banal na adyenda.

1. Ang Genesis 3:15 ay ang unang pangako na si YHWH na hindi pababayan ang sangkatauhan sa napakahirap na gusot ng kasalanan at paghihimagsik. Ito ay hindi tumutukoy sa Israel dahil wala pang Israel, o mga pangkasuduang bayan, hanggang sa pagtawag kay Abraham sa Genesis 12.
2. Ang Genesis 12:1-3 ay ang panimulang pagtawag at kapahayagan ni YHWH kay Abraham na magiging pangkasuduang bayan, ang Israel. Ngunit kahit na sa panimulang pagtawag na ito, Diyos ay may isang mata sa buong mundo. Pansinin ang talata 3!
3. Sa Exodo 20 (Deuteronomio 5) ipinagkaloob ni YHWH ang Kanyang kautusan kay Moises upang gabayan ang Kanyang mga natatanging tao.
   Pansinin na sa Exodo 19:5-6, inihayag ni YHWH kay Moises ang walang-katulad na pakikipag-ugnayan na tataglayin ng Israel. Ngunit pansinin din na sila ay pinili, tulad ni Abraham, upang

pagpalain ang mundo (cf. Exodo 19:5, "dahil ang lahat ng sa mundo ay Akin"). Ang Israel ay magiging mekanismo (kaparaanan) para sa mga bansa makilala si YHWH at maakit sa Kaniya. Sila ay kalunos-lunos na nabigo (cf. Ezekiel 36:27-38).

4. Sa Awit – 22:27-28; 66:4; 86:9 (Pahayag 15:4)
5. Sa pamamagitan ng mga propeta, si YHWH nagpatuloy na inihayag ang Kanyang pangkalahatang plano sa katubusan.
    a. Isaias – 2:2-4; 12:4-5; 25:6-9; 42:6,10-12; 45:22; 49:5-6; 51:4-5; 56:6-8; 60:1-3; 66:18,23
    b. Jeremias – 3:27; 4:2; 12:15-16; 16:19
    c. Mikas 4:1-3
    d. Malakias 1:11

Ang pangkalahatang pagbibigay-diin ay pinadali ng paglitaw ng "bagong kasunduan" (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) na tumutuon sa kahabagan ni YHWH, hindi sa pagsasakatuparan ng mga nalugmok na sangkatauhan. Mayroong isang "bagong puso," isang "bagong isipan," at isang "bagong espiritu." Ang pagsunod ay napakahalaga ngunit ito ay panloob, hindi isang walang hanggang kodigo lamang (cf. taga-Roma 3:21-31).

Ang NT ay maliwanag na pinapatibay ang pangkalahatang plano ng katubusan sa maraming paraan.

1. Ang Dakilang Komisyon – Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8
2. Isang walang-hanggang plano ng Diyos (i.e., itinalaga) – Lucas 22:22; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29
3. Nais ng Diyos na ang lahat ng mga tao ay maligtas – Juan 3:16; 4:42; Mga Gawa 10:34-35; 1 Timoteo 2:4-6; Tito 2:11; 2 Pedro 3:9; 1 Juan 2:2; 4:14
4. Pinagkakaisa ni Kristo ang OT at NT – taga-Galacia 3:28-29; taga-Efeso 2:11-3:13; taga-Colosas 3:11. Ang lahat ng pantaong mga hadlang at mga pagkakaiba ay inalis sa kay Kristo. Si Hesus ay ang "hiwaga ng Diyos," ikinubli ngunit ngayon ay inihayag na (taga-Efeso 2:11-3:13).

Ang NT ay tumutuon kay Hesus, hindi sa Israel. Ang ebanghelyo, hindi isang pagkamamamayan o heograpikong lugar, ay sentro. Ang Israel ay ang unang kapahayagan ngunit si Hesus ay ang pangunahing kapahayagan (cf. Mateo 5:17-48).

Ako ay umaasa na maglalaan ka sandali na basahin ang Natatanging Paksa: Bakit Tila Naiiba ang mga Pangkasunduang Pangako sa OT sa Mga Pangkasunduang Pangako sa NT. Mahahanap mo ito sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:1-3**

**1Bakit ang mga bansa ay nangaguguló**
**at ang mga bayan ay nangagaakala ng walang kabuluhang bagay?**
**2Ang mga hari sa mundo ay nagsisihanda**
**at ang mga pinuno ay nagsasanggunian**
**laban sa Panginoon at laban sa kaniyang pinahiran ng langis, na sinasabi,**
**3"Lagutin natin ang kanilang tali**
**at ating iwaksi ang kanilang mga panali sa atin!"**

**2:1-3** Ito ay inilalarawan ang pagsasarili ng nalugmok na espiritu ng tao (lalo na sa v. 3; Genesis 3). Ang nasyonalismo ay paraan ng Diyos sa pangangalaga ng mga tao mula sa isang-mundong pamahalaan (cf. Genesis 10-11; 2 taga-Thessalonica 2). Gayunman, isang araw, ang mundo ay magkakaisa sa ilalim ng Mesias ng Diyos. Para sa iglesiya ito ay kabaliktaran ng Tore ng Babel na naganap sa Pentecost (cf. Mga Gawa 2, i.e., "silang lahat ay narinig ang ebanghelyo sa kanilang sariling wika").

**2:1** Ang AB (p. 6) ay isinalin ang unang talatang ito bilang "Bakit ang mga bansa ay nagtitipon, at ang mga tao ay binibilang ang kanilang mga hukbo?" Ang pagbasang ito ay batay sa

1. pagtutulad (paralelismo)
2. paggamit ng Ugaritikong salita
3. ang unang PANDIWA ("pagkakagulo," BDB 921, KB 1189, *Qal* GANAP NA) ay matatagpuan lamang dito sa OT
4. ang paggamit ng salitang-ugat na, "walang halaga," ריק (BDB 937) sa Genesis 14:14, ay isinalin sa LXX (i.e., "kanyang binilang ang kanyang sariling likas")

Ito ay tila bumubuo ng isang mas mainam na pagtutulad sa talata 2.

**2:2 "mga hari. . .mga pinuno"** Ang mga ito rin ay katulad sa Hukom 5:3; Kawikaan 8:15 (panulaan).

▣ **"sa mundo"** Ang terminong "mundo" ay may malawak na semantikong gamit. Ang konteksto ay ang dapat na magpasya kung ito ay lokal, pang-rehiyon, o global. Ang tanong dito ay "Ang Awit bang ito, sa orihinal ay tumutukoy sa mga bansang nakapalibot sa Israel, ang mga bansa ng ANE, o lahat ng mga bansa (cf. v. 8)"? Sa isang kaunawaan ito ay maaaring maging isang propsiya ay maraming katuparan tulad ng Isaias 7:14 o tipolohiya tulad ng Awit 22. Sa liwanag ng pagkagamit ng Awit na ito sa ang NT, ito ay may isang pangkalahatang kaunawaan (i.e., pang-Mesias, eskatolohikong, global).

**NATATANGING PAKSA: LUPAIN, BANSA, MUNDO**

Tulad ng lahat ng Hebreong mga salitang-ugat, ang konteksto ay napakahalaga sa pagpapasiya ng nilalayong kahulugan. Ang limitadong bilang ng mga Hebreong salitang-ugat (i.e., isang sinaunang Semitikong wika) ay nagdudulot sa bawat-isa sa kanila na gumanap na may mg iba't-ibang kahulugan at mga katawagan. Ang salitang-ugat na ito (BDB 75, KB 90) ay maaaring mangahulugang

1. ang buong planeta (bagaman ang mga sinauna ay hindi naunawaan ang laki at hugis nito. Kadalasan, ito ay ginamit para sa "kilalang mundo")
   a. Genesis 1-2; 6-9; 10:32; 11:1,4,8,9; 14:19; 18:18,25; 22:18, atbp.
   b. Exodo 9:29; 19:5
   c. Awit 8:1,9; 24:1; 47:2,7; Jeremias 25:26,29,30
   d. Kawikaan 8:31
   e. Isaias 2:19,21; 6:3; 11:4,9,12; 12:5
2. mundo na may pagkakaiba sa kalangitan
   a. Genesis 1:2
   b. Exodo 20:4
   c. Deuteronomio 5:8; 30:19
   d. Isaias 37:16
3. talinghaga para mga taong naninirahan sa planeta
   a. Genesis 6:11; 11:1
   b. 1 Hari 2:2; 10:24
   c. Job 37:12
   d. Awit 33:8; 66:4
4. bansa o teritoryo
   a. Genesis 10:10,11; 11:28,31
   b. lalo na ang Israel (isang kaloob mula sa YHWH, inaari Niya ito)
5. lupa, cf. Josue 7:21
6. ilalim ng lupa (KB 91)

a. Exodo 15:12
b. Awit 22:29; 71:20; Jeremias 17:13; Jonas 2:6
7. bagong mundo
a. Isaias 9:1-7; 65:17; 66:22
b. tingnan ang NT, taga-Roma 8:19-22; taga-Galacia 6:15; 2 Pedro 3:13; Pahayag 21:1,5

Tandaan na ang konteksto, konteksto, konteksto ay napakahalaga. Kadalasang ang nagdurugtong sa mga salitang-ugat ay maaaring makatulong, ngunit hindi palagi.

▣ **"sa PANGINOON"** Ito ay ang kasunduang pangalan para sa Diyos ng Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1.

▣ **"pinahiran ng langis"** Ito ay ang Hebreong salita para sa "mesias." Ito ay isinalin sa Griyego bilang "Kristo." Ito ay sumasagisag sa natatanging presensiya ng Banal na Espiritu upang tuparin ang tinakdang tungkulin ng Diyos sa pamamagitan ng isang persona (cf. 1 Samuel10:1,6; 16:13; 1 Hari 19:16; Isaias 61:1).

**NATATANGING PAKSA: ANG MESIAS**

Ito ay kinuha mula sa komentaryong isinulat sa Daniel 9:6. Ang kahirapan sa pagbibigay kahulugan ng talatang ito ay dahil sa ang mga maaaring kahulugan ay nauugnay sa salitang Mesias o ang isang pinahiran (BDB 603).

1. Ginamit ng mga Haring Hudyo (e.g., I Samuel 2:10; 12:3)
2. Ginamit ng mga Saserdoteng Hudyo (e.g., Levitico 4:3,5)
3. Ginamit ni Ciro (cf. Isaias 45:1)
4. Ang #1 at #2 ay pinagsama sa Mga Awit 110 at Zacarias 4
5. Ginamit sa nanananging pagparito ng Diyos, ang Haring mula kay David na magdadala ng bagong panahon ng katuwiran
   a. Hanay ni Juda (cf. Genesis 49:10)
   b. Tahanan ni Jesse (cf. II Samuel 7)
   c. Pangkahalatang Paghahari (cf. Mga Awit 2; Isaias 9:6; 11:1-5; Mikas 5:1-4ff)

Ako ay personal na naaakit sa pagkakakilala bilang "ang isang pinahiran" kay Hesus ng Nazaret sapagkat

1. ang panimula sa walang hanggang Kaharian sa Daniel 2 sa panahong ng ikaapat na emperyo
2. ang panimula sa "ang anak ng tao " sa Daniel 7:13 na binigyan ng walang hanggang kaharian
3. ang sugnay ng pagtutubos ng Daniel 9:24, na nagpupunto patungo sa pagpapasimula ng kasaysayan ng makasalanang mundo
4. ang paggamit ni Hesus ng aklat na Daniel sa NT (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14)

**NATATANGING PAKSA: OT MGA TITULO PARA SA ESPESYAL NA PAPARATING**

I. Propeta- Deutronomio 18:15,18
II. Hari
   A. mula sa tribu ni Judah, Genesis 49:10; Awit 60:7; 108:8
   B. mula sa pamilya ni David, II Samuel 7 (mula kay Jesse, Isaias 11:1)
   C. mula sa ibang mga teksto, I Samuel 2:10; Awit 89:3-4; Isaias 9,11; Jeremias 30:8-9; Ezekiel 37:21-22; Zacarias 9:9-10

III. Hari/Saserdote
   A. Awit 110 (hari, vv. 1-3; saserdote, v. 4)
   B. Zacarias 4:14 (ang dalawang puno ng olibo, ang dalawang mga pinahiran, Zerubbabel [lahi ni David] at Josue [lahi ni Aaron])
IV. Pinahirang Isa (Mesias)
   A. Hari ng Diyos, Awit 2:2; 45:7
   B. presensya ng Espiritu, Isaias 11:2; 61:1
   C. Isang Paparating, Daniel 9:26
   D. tatlong OT mga pinuno ay pinahiran bilang tanda ng pagkatawag ng Diyos at pagpapalakas sa mga hari (cf. Hukom 9:8,15; I Samuel 2:10; 9:16; 24:10; II Samuel 19:21; 23:1; Awit 18:50), mga saserdote (cf. Exodo 28:41; Levitico 4:3; 6:22) at mga propeta (cf. I Hari 19:16)
V. Anak ng Hari
   A. Awit 2:7,12
   B. Hari ng Israel bilang isang simbolo ng pamumuno ng Diyos (cf. I Samuel 8)
VI. Anak ng Tao (Daniel 7:13)
   A. tao, Awit 8:4; Ezekiel 2:1
   B. banal, Daniel 7:13
VII. Espesyal na Pagtutubos na mga Titulo
   A. Nagdurusang Tagapaglingkod, Isaias 52:13-53:12
   B. Nagdurusang Pastol, Zacarias 12-14
   C. Batong Luklukan, Awit 118: Isaias 8:14-15; 28:16
   D. Espesyal na Anak, Isaias 7:14; 9:6-7; Mikas 5:2
   E. Sanga, Isaias 4:2; 11:5; 53:2; Jeremias 23:5-6; 33:15; Zacarias 3:8; 6:12

Ang NT ay tinanggap ang mga ikinalat na mga sanggunian patungkol sa espesyal na ahente ng pagtutubos Diyos at binigyan linaw at hinubog sila tungo sa isang pagkakaunawa kay Hesus bilang ang Paparating na Isang Ipinangako ng Diyos (e.g. Mateo 16:13-20; Juan 11:25-27). Ang dalawang pagdating ng Mesias ay mga paraan kung saan ang mga hiwalay na tungkulin at mga titulo ay pinagsama.

Para sa isang mabuting talakayan ng distinksyon sa Ebanghelyo sa pagitan ng Anak ng Tao bilang pigura ng awtoridad laban sa Nagdurusang Tagapaglingkod, tignan George E. Ladd, *A Theology of the New Testament*, p. 149-158.

**2:3** Ang talatang ito ay mayroong dalawang MGA PANG-PANGKAT.
1. lagutin natin – BDB 683, KB 736, *Piel* PANG-PANGKAT, cf. Jeremias 5:5
2. ating iwaksi – BDB 1020, KB 1527, *Hiphil* PANG-PANGKAT

Ang mga nalugmok na tao (mga pangsarili at pangkalahatang mga pangkat) ay nagnanais na masarili mula sa kanilang Lumikhan (cf. Genesis 3).

Ang mga terminong "mga tali" (BDB 64) at "mga panali" (BDB 721) ay tumutukoy sa mga bagay na gumagapos sa mga bilanggo (dito, mga nasasakupan). Sila (tulad ng lahat ng mga nalugmok na tao) ay nakita ang kautusan ni YHWH bilang nagtatakda na kanilang kalayaan, habang sa katotohanan, ang Kanyang kautusan ay itinalaga upang panatiliin tayong ligtas, masaya, at kapaki-pakinabang sa isang nalugmok na mundo. Ang mga kautusan ay ang mapagmahal na gabay ng isang magulang, na nagkakaloob ng patnubay at karunungan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:4-6**

**4 Siyang nauupo sa kalangitan ay tatawa,**
**ilalagay sila ng Panginoon sa kakutyaan.**

> [5]**Kung magkagayo'y magsasalita siya sa kanila sa Kaniyang poot**
> **babagabagin sila sa Kaniyang malabis na sama ng loob, na sinasabing,**
> [6]**"Gayon ma'y inilagay ko ang Aking Hari**
> **sa aking banal na bundok ng Sion."**

**2:4-6** Inilalarawan nito ang mga kaisipan at mga pagkilos ni YHWH bilang pagtugon sa pagkakagulo ng mga bansa. Ito ay antropomorpikong wika.

1. umuupo
2. tumatawa (cf. Awit 59:8; Kawikaan 1:26)
3. nangungutya
4. nagsasalita sa galit

Maari bang hadlangan ng nalugmok na pangkalahatang sangkatauhan ang kalooban ni YHWH (i.e., Genesis 10-11)? Hindi!

**NATATANGING PAKSA: ANG DIYOS NA INILALARAWAN BILANG ISANG TAO (ANTROPOMORPIKONG WIKA)**

I. Ito ay uri ng wika na napaka-karaniwan sa OT (ilang mga halimbawa)
   A. Pisikal na mga bahagi ng katawan
      1. Mga mata – Genesis 1:4,31; 6:8; Exodo 33:17; Bilang 14:14; Deuteronomio 11:12; Zacarias 4:10
      2. Mga kamay – Exodo 15:17; Bilang 11:23; Deuteronomio 2:15
      3. braso – Exodo 6:6; 15:16; Bilang 11:23; Deuteronomio 4:34; 5:15
      4. Mga tenga – Bilang 11:18; I Samuel 8:21; II Hari 19:16; Awit 5:1; 10:17; 18:6
      5. mukha – Exodo 32:30; 33:11; Bilang 6:25; Deuteronomio 34:10; Awit 114:7
      6. daliri – Exodo 8:19; 31:18; Deuteronomio 9:10; Awit 8:3
      7. tinig – Genesis 3:8,10; Exodo 15:26; 19:19; Deuteronomio 26:17; 27:10
      8. paa – Exodo 24:10; Ezekiel 43:7
      9. anyong tao – Exodo 24:9-11; Awit 47; Isaias 6:1; Ezekiel 1:26
      10. ang anghel ng Panginoon – Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:4,13-21; 14:19; Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
   B. Mga Pisikal na Pagkilos
      1. Pagsasalita bilang kaparaanan ng paglilikha– Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24,26
      2. Paglalakad (i.e., tunog na) sa Eden – Genesis 3:8; 18:33; Habakuk 3:15
      3. pagsasara ng pinto sa daong ni Noah – Genesis 7:16
      4. pagsamyo sa mga handog – Genesis 8:21; Levitico 26:31; Amos 5:21
      5. pagdating pababa – Genesis 11:5; 18:21; Exodo 3:8; 19:11,18,20
      6. paglilibing kay Moises – Deuteronomio 34:6
   C. Mga pantaong damdamin (ilang mga halimbawa)
      1. panghihinayang/pagsisisi – Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:29,35; Amos 7:3,6
      2. galit – Exodo 4:14; 15:7; Bilang 11:10; 12:9; 22:22; 25:3,4; 32:10,13,14; Deuteronomio 6:5; 7:4; 29:20
      3. paninibugho – Exodo 20:5; 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15; 32:16,21; Josue 24:19
      4. pagkasuklam/poot – Levitico 20:23; 26:30; Deuteronomio 32:19
   D. Mga salitang pampamilya (ilang mga halimbawa)
      1. Ama
         a. ng Israel – Exodo 4:22; Deuteronomio 14:1; 39:5
         b. ng Hari – II Samuel 7:11-16; Awit 2:7

c. talinghaga ng mga maka-amang pagkilos– Deuteronomio 1:31; 8:5; 32:1; Awit 27:10; Kawikaan 3:12; Jeremias 3:4,22; 31:20; Osea 11:1-4; Malakias 3:17
2. Magulang – Osea 11:1-4
3. Ina – Awit 27:10 (paghahalintulad sa nagpapasusong ina); Isaias 49:15; 66:9-13
4. Batang tapat na mangingibig – Osea 1-3

II. Mga dahilan para sa paggamit ng mga ganitong uri ng wika
A. Isang pangangailang para sa Diyos na ihayag Niya ang Kanyang sarili sa mga taong nilalang. Ang pinaka malaganap na konsepto ng Diyos bilang isang lalake ay isang antropomorpismo dahil sa ang Diyos ay espiritu!
B. Ang Diyos ay nagdadala ng pinakamakahulugang aspeto ng buhay ng tao at ginagamit ito upang ihayag ang Kanyang sarili sa makasalanang sangkatauhan (ama, ina, magulang, mangingibig)
C. Bagamat kinakailangan, ang Diyos ay hindi kailangan na maging limitado sa anumang pisikal na anyo (cf. Exodo 20; Deuteronomio 5)
D. Ang sukdulang antropomorpismo ay ang pagkakatawang tao ni Hesus! Ang Diyos ay naging pisikal, nahahawakan (cf. I Juan1:1-3). Ang mensahe ng Diyos ay naging Salita ng Diyos (cf. Juan1:1-18)

**2:4 "nauupo sa kalangitan"** Ito tumutukoy sa ang lugar ng trono ng Diyos, kung saan Siya ay naghahari! Para sa "mga langit" tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: KALANGITAN**

Ang Hebreong termino (BDB 1029, isinalin na "kalangitan," "himpapawid," "papawirin," "panghimpapawid") ay maaaring tumutukoy sa maraming mga bagay (i.e., isang kalipunan ng mga kupola o mga kabilugan ng paglalang):

1. Sa Genesis1:8-20, ito tumutukoy sa atmospera sa ibabaw ng mundo kung saan ang mga ulap ay gumagalaw at ang mga ibon ay nakakalipad.
2. Ang kupola na ito (cf. Genesis 1:6,20; Isaias 40:22; 42:5) sa ibabaw ng mundo ay ang lugar na pinapadala ng Diyos ang ulan (i.e., "mga bintana ng kalangitan," cf. Awit 78:23-29; Malakias 3:10 o "mga bangang pangtubig ng kalangitan," cf. Job 38:37).
3. Ang kupola na ito ay lugar na pinanananahan ng mga butuin at ginagalawan ng mga planeta (dalawang dimensyon). Ito ay maaaring tumutukoy sa lahat ng nilikhang kosmos (sampung bilyong mga kalawakan).
4. Sa ibabaw ng kupolang ito ay ang tahanan ng Diyos (i.e., ang ikatlo o ikapitong kalangitan). Ito ay ang pinakamataas na kalangitan (e.g., Deuteronomio 10:14; 1 Hari 8:27,30,32; Awit 2:4; 148:4; Isaias 66:1).
5. Ang mga teolohikong pagbibigay-diin
   a. Diyos ay ang lumalang ng lahat ng bagay.
   b. Siya ang namamahala ng nilikha (i.e., liwanag at dilim, tag-ulan at tagtuyot).
   c. Siya ang lumikha at naglagay ng mga ilaw sa langit (araw, buwan, mga bituin, mga planeta, mga kometa).
   d. Mayroong mga kabilugan o mga nasasakupan ng katotohanan:
      1) mundo
      2) sa ibabaw ng mundo
      3) di-nakikita/pang-anghel (cf. taga-Colosas 1:16)
      4) ang presensiya at tahanan ng Diyos
      5) silang lahat ng nauugnay at napapamahalaan ng Kanyang kalooban

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA LANGIT**

Sa OT, ang salitang "langit" ay kadalasang PANGMARAMIHAN (i.e., *shamayim*, BDB 1029). Ang Hebreong salita ay nangangahulugang "taas." Ang Diyos ay tumatahan sa kaitaasan. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng kabanalan at pagkamataas ng Diyos.

Sa Genesis 1:1 ang PANGMARAMIHAN "mga kalangitan at lupa" ay pinapakitang ang Diyos ay lumikha (1) ng himpapawid na nasa taas ng mundong ito o (2) isang daan upang ipahayag ang lahat ng katotohanan (i.e., espirituwal at pisikal). Mula panimulang pagkaunawa, ang ibang mga teksto ay nakitang nagbanggit ang mga "antas ng langit" (cf. Awit 68:33) o "langit at ang langit ng mga kalangitan" (cf. Deuteronomio 10:14; I Hari 8:27; Nehemiah 9:6; Awit 148:4). Ang mga Rabi ay ipinagpapalagay na mayroong

1. dalawang langit (i.e., R. Judah, Hagigah 12b)
2. tatlong langit (Test. Levi 2-3; Ascen. ng Isaias 6-7; Midrash Tehillim sa Awit 114:1)
3. limang langit (III Baruch)
4. pitong langit (R. Simonb. Lakish; II Enoch 8; Ascen. ng Isaias 9:7)
5. sampung langit (II Enoch 20:3b; 22:1)

Ang lahat ng ito ay naglalayong ipakita ang pagkahiwalay ng Diyos sa pisikal paglilikha at/o ang Kanyang pagkamataas. Ang pinaka-karaniwang bilang ng mga langit sa Rabinikal na Judaismo ay pito. Si A. Cohen, *Everyman's Talmud* (p. 30), ay nagsasabing ito ay kaugnay sa mga panghimpapawid na kabilugan, ngunit sa aking pag-aaral, ito ay nagpapahiwatig sa pito bilang ganap na bilang (i.e., mga araw ng paglilikha, pang-pito bilang araw ng pamamahinga ng Diyos sa Genesis 1).

Si Pablo, sa II taga-Corinto 12:2, ay binaggit ang "ikatlong" langit (Griyego *ouranos*) bilang daan upang makilala ang personal at dakilang presensiya ng Diyos. Si Pablo ay may personal na pagtatagpo sa Diyos!

▣ **"tumatawa"** Ang PANDIWA (BDB 965, KB 1315, *Qal* DI-GANAP) ay isang pampanitikang paraan ng pagpapakilala ng kapangyarihan ni YHWH. Ang THE UBS *Handbook* (p. 26) ay may isang pangkabatirang puna. "Sa Awit 1:1 'mga manlilibak' ay mga taong ginagawang katatawanan ang Diyos; dito, ito ang Diyos na kumukutsa sa mga paganong pinuno."

▣ **"Panginoon"** Ang mga talatang 4a at 4b ay magkaagapay, kaya ang pagka-Diyos na tinutukoy ay si YHWH (cf. v. 2c). Dito, ang salitang ay hindi YHWH ngunit *Adon,* ang Hebreong salita para sa "may-ari," "asawang lalaki," "panginoon." Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa Awit 1:1.

**2:6** Si YHWH, sa kabaliktaran ng mga diyus-diyosan na hindi nakakakita, nakakarinig o nakakakilos, ay nagtalaga (lit. "inilaan," BDB 651, KB 703, *Qal* GANAP NA) ang Kanyang Hari! Ang Hari ng Israel ay gumaganap bilang kinatawan ni YHWH.

Pansinin ang paggamit ng personal na PANGHALIP, "Ako," "Akin" (dalawang beses). Si YHWH ay personal na nandito at aktibo sa mundo, at lalo na sa Kanyang pangkasuduang bayan.

▣ **"aking banal na bundok ng Sion"** Ito ay kapwa tumutukoy sa Bundok ng Moria, ang burol sa Herusalem kung saan ang templo ay itinayo. Sa orihinal, ang Sion ay tumutukoy sa burol kung saan ang ang muog ng Jebuseo ay itinayo (i.e., ang Herusalem ay pinapalibutan ng pitong burol). Sinakop ito ni David at itinayo ang kanyang palasyo sa burol na ito. Kinalaunan, ito ay naging isang paraan sa pagtalaga sa buong lungsod ng Herusalem.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:7-9**

**7"Tiyak kong sasabihin ang kautusan ng PANGINOON:**
**sinabi Niya sa akin, Ikaw ay Aking anak,**
**sa araw na ito ay ipinanganak kita.**
**8Humingi ka sa akin, at tiyak na ibibigay ko sa iyo ang mga bansa na iyong pinakamana,**
**at ang mga *pinaka*dulong bahagi ng lupa ay iyong pagmamay-ari.**
**9Sila'y iyong babaliin ng isang pamalong bakal,**
**iyong dudurugin sila na parang isang sisidlan ng magpapalyok.'"**

**2:7-9** Ang tagapagsalita ay ang bagong Hari, dito, tinawag na "Anak" ni YHWH (cf. Hebreo 1:2; 3:6; 5:8; 7:28).

**NATATANGING PAKSA: ANG ANAK NG DIYOS**

Isa ito sa mga pangunahing katawagan (titulo) sa NT para kay Hesus. Ito ay may tiyak na kahulugang pagka-Diyos (banal) . Ito ay nagsasama kay Hesus bilang "ang Anak" o "Aking Anak" at ipinakikilala ang Diyos bilang "Ama." Makikita ito sa NT ng higit sa 124 na beses. Maging ang sariling katawagan (designasyon) ni Hesus bilang "Anak ng Tao" ay mayroong banal na kahulugan mula sa Daniel 7:13-14.

Sa OT ang katawagang "anak" ay maaring tumutukoy sa apat na partikular na mga grupo.

1. Ang mga anghel (kadalasang PANGMARAMIHAN, cf. Genesis 6:2; Job 1:6; 2:1)
2. Ang Hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14; Awit 2:7; 89:26-27)
3. Ang bansang Israel sa kabuuan (cf. Exodo 4:22-23; Deuteronomio 14:1; Osea 11:1; Malakias 2:10)
4. Ang mga hukom ng Israel (cf. Awit 82:6)

Ito ay ikalawang pagkagamit na inuugnay kay Hesus. Sa ganitong paraan, ang "anak ni David" at "anak ng Diyos" ay kapwa nauugnay sa II Samuel 7; Awit 2 at 89. Sa OT, ang "anak ng Diyos" ay hindi kailanman ginamit nang tiyakan sa Mesias, maliban bilang ekastolohikal na hari na gaya ng sa "pinahirang mga katungkulan" ng Israel. Gayunpaman, sa *Dead Sea Scrolls* ang titulo na may maka-Mesias na implikasyon ay karaniwan (tignan mga partikular na pinagmulan sa *Dictionary of Hesus at the Gospels,* p. 770). Gayundin, ang "Anak ng Diyos" ay isang maka-Mesias na titulo sa dalawang interbiblikal na mga gawang Hudyong apokaliptiko (cf. II Esdras 7:28; 13:32,37,52; 14:9 at I Enoch 105:2).

Ang kaligiran nito sa NT sa kanyang pagtukoy kay Hesus ay pinakamahusay na mabubuod sa pamamagitan ng maraming mga pangkat.

1. Ang Kanyang pag-iral bago pa man ang paglilikha (cf. Juan 1:1-18)
2. Ang Kanyang natatanging (birheng) kapanganakan (cf. Mateo 1:23; Lucas 1:31-35)
3. Ang Kanyang bautismo (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11; Lucas 3:22. Ang tinig ng Diyos mula sa langit ay nagsasama ng maharlikang hari ng Awit 2 sa naghihirap na lingkod ng Isaias 53).
4. Ang Kanyang maka-Satanas ng panunukso (cf. Mateo 4:1-11; Marcos 1:12,13; Lucas 4:1-13. Siya ay tinukso upang pag-alinlangan ang Kanyang pagiging anak o matupad man lang ang layunin nito sa ibang kaparaanan maliban sa krus).
5. Ang Kanyang paninindigan sa mga hindi katanggap-tanggap na pagtatapat
   a. Mga demonyo (cf. Marcos 1:23-25; Lucas 4:31-37,41; Marcos 3:11-12; 5:7)
   b. Mga di-mananampalataya (cf. Mateo 27:43; Marcos 14:61; Juan 19:7)
6. Ang Kanyang paninindigan sa kanyang mga alagad
   a. Mateo 14:33; 16:16
   b. Juan 1:34,49; 6:69; 11:27
7. Ang Kanyang sariling paninindigan
   a. Mateo 11:25-27

b. Juan 10:36

8. Ang Kanyang paggamit ng talinghagang pampamilya sa Diyos bilang Ama
   a. Ang Kanyang paggamit ng "abba" para sa Diyos
      1) Marcos 14:36
      2) taga-Roma 8:15
      3) taga-Galacia 4:6
   b. Ang Kanyang paulit-ulit na paggamit ng Ama (*patēr*) upang ilarawan ang Kanyang kaugnayan sa pagka-Diyos

Sa pagbubuod, ang titulong "Anak ng Diyos" ay mayroong dakilang teolohikong kahulugan para sa mga nakakaalam ng OT at ang kanyang mga pangako at mga pangkat, ngunit ang mga manunulat ng NT ay kinakabahan sa paggamit nito sa mga Hentil dahil sa kanilang paganong pinanggalingan ng "mga diyos" na kumukuha ng mga kababaihan na nagbubunga ng mga anak na "mga titan" o "mga higante."

**2:7 "sa araw na ito ay ipinanganak kita"** Sa isang kaunawaan ang pariralang ito ay ipinapakilala ang banal na mga pangako ng 2 Samuel 7 (cf. Awit 89:26-27), ang mga pangako ni YHWH sa matalinghagang wika na maging isang "ama" sa mga maharlikang angkan ni David. "Ngayon" ay tumutukoy sa araw ng pagpuputong ng korona sa harin. Tingnan si John H. Walton, *ANE Thought at the OT*, p. 89, talababa 19,

> "ang kaisipan ng paglilikha na nauugnay sa tungkulin kaysa sa diwa ay makikita kahit na sa biblikal na mga pahayag tulad ng. . .(Awit 2:7) kung saan ang hari ay ipinanganak sa kanyang maharlikang kalagayan."

Tingnan din si G. B. Caird, *The Language at Imagery of the Bible*, p. 190. Gayunman, sa Awit na ito, ito ay ginamit ng Mesias (i.e., Hesus, cf. Mateo 3:17; Lucas 3:22; Marcos 1:11; 9:7; Mga Gawa 13:33; Hebreo 1:5; 5:5), na nagdulot ng ilang teolohikong mga suliraning lalo na sa kaugnayan nito sa "monoteismo," at sumunod sa maling paniniwala sa adopsyonismo sa NT.

**NATATANGING PAKSA: MONOTEISMO**

Ang konsepto ng "Monoteismo" (isa at nag-iisang Diyos), hindi lamang ang "mataas na Diyos" ng politeismo o ang mabuting Diyos ng dualismo ng mga taga-Iran (Zoroastrianismo), ay natatangi sa Israel (Abraham, 2000 B.C.). Maliban sa isa bihirang pasubali sa Ehipto (Amenhotep IV, ay kilala rin bilang Akhenaten, 1367-1350 or 1386-1361 B.C.).

Ang konseptong ito ay ipinahayag sa maraming mga parirala sa OT.

1. "walang kagaya ni YHWH ating *Elohim*," Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomio 33:26; I Hari 8:23
2. "wala ng iba maliban sa Kanya," Deuteronomio 4:35,39; 32:39; I Samuel 2:2; II Samuel 22:32; Isaias 45:21; 44:6,8; 45:6,21
3. "YHWH ay iisa," Deuteronomio 6:4; taga-Roma 3:30; I taga-Corinto 8:4,6; I Timoteo 2:5; Santiago 2:19
4. "walang kagaya mo," II Samuel 7:22; Jeremias 10:6
5. "Ikaw lamang ang nag-iisang Diyos," Awit 86:10; Isaias 37:16
6. "Bago pa man Ako walang ibang Diyos ang nabuo, at walang iba pagkatapos Ko," Isaias 43:10
7. "wala ng iba na kagaya ko; maliban sa Akin. . .walang ng iba," Isaias 45:5,6,22
8. "wala ng iba, walang ng ibang Diyos," Isaias 45:14,18
9. "wala ng iba maliban sa akin" Isaias 45:21
10. "Wala ng iba;. . .wala ng kagaya ko," Isaias 46:9

Dapat na tanggapin na ang mahalaga na doktrinang ito ay ipinahayag sa progresibong mga kaparaanan. Ang mga naunang mga pananalita ay maaring maunawaan bilang "henoteismo" o praktikal na Monoteismo (mayroong ibang mga diyos, ngunit tanging ang Diyos ay para sa atin, cf.

Exodo 15:11; 20:2-5; Deuteronomio 3:28; 5:7; 6:4,14; 10:17; 32:12; I Hari 8:23; Awit 83:18; 86:8; 136:1-2).

Ang unang mga teksto na nagsimulang magpakilala ng pang-isahan (pilosopikong Monoteismo) ay nauna (cf. Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomiyo 4:35,39; 33:26). Ang ganap at kompletong pag-aangkin at matatagpuan sa Isaias 43-46 (cf. 43:11; 44:6,8;45:7,14,18,22; 46:5,9).

Ang NT ay binabanggit ng Deuteronomiyo 6:4 sa taga-Roma 3:30; I taga-Corinto 8:4,6; taga-Efeso 4:6; I Timoteo 2:5; at Santiago 2:19. Si Hesus ay nagbabanggit nito bilang ang unang kautusan sa Mateo 22:36-37; Marcos 12:29-30; Lucas 10:27. Ang OT, at gayon din ang NT, ay nagsasaysay ng realidad ng ibang mga espiritwal na mga nilalang (mga demonyo, mga anghel),ngunit iisang manlilikha/manunubos ang Diyos (YHWH, Genesis 1:1).

Ang Biblikal na Monoteismo ay may mga katangian na ang

1. Ang Diyos ay iisa at natatangi (ontology ay assumed, not specified)
2. Ang Diyos ay personal (cf. Genesis 1:26-27; 3:8)
3. Ang Diyos ay etikal (cf. Exodo 34:6; Nehemia 9:17; Awit 103:8-10)
4. Ang Diyos ay nilalang ang mga tao ayon sa Kanyang imahe (Genesis 1:26-27) para sa pakikisama (i.e., #2). Siya ay isang mapanibughong Diyos (cf. Exodo 20:2-3)

Mula sa NT

1. Ang Diyos ay may tatlong walang hanggan, personal na mga manipestasyon (tignan Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 8:11)
2. Ang Diyos ganap at lubusang naipahayag kay Hesus (cf. Juan 1:1-14; taga-Colosas 1:15-19; Hebreo 1:2-3)
3. Ang walang hanggang plano ng pagtutubos ng Diyos para sa makasalanang sangkatauhan ay ang sakripisyong pag-aalay ng Kanyang natatanging Anak (Isaias 53; Marcos 10:45; II taga-Corinto 5:21; taga-Filipos 2:6-11; Hebreo)

Ang teolohikong isyu ay "Ang pang-Mesias na hari ba ay umiiral na Diyos bago pa man ang paglilikha" o isang nilikhang nilalang (cf. Kawikaan 8:22-31; taga-Roma 1:4)? Ang Juan 1:1-3 ay tinugunan ang isyung ito. Ito ay lubhang mahalag na aking isinama ang aking mga tala mula sa Juan 1:1-3. **Juan 1**

**1:1 "Nang pasimula"** Ipinapakita ni ang Genesis 1:1 at ginamit din sa I Juan 1:1 bilang pagtukoy sa pagkakatawang-tao. Maaari na ang I Juan ay ang panimulang sulat sa Ebanghelyo. Parehong nitong tinatalakay ang Gnostisismo. Ang mga talatang 1-5 ay ang pagbabatibay ng pag-iral ng pagka-Diyos ni Hesukristo bago pa man ang paglikha (cf. 1:15; 8:56-59; 16:28; 17:5; 2 taga-Corinto 8:9; taga-Filipos 2:6-7; taga-Colosas 1:17; Hebreo 1:3; 10:5-8).

Ang NT ay inilarawan bilang

1. isang bagong paglilikha, na hindi nadungisan ng Pagkakasala (i.e., natupad ang Genesis 3:15 para sa sangkatauhan)
2. isang bagong pananakop (Lupang Pinangako)
3. isang bagong exodo (tinupad na propesiya)
4. isang bagong Moises (tagapag-bigay ng kautusan)
5. isang bagong Josue (cf. Hebreo 4:8)
6. isang bagong himala sa tubig (cf. Hebreo 3-4)
7. bagong mana (cf. Juan 6)

at marami pang iba, lalo na sa Hebreo.

▣ **"ay"** (tatlong beses) Ito ay isang DI-GANAP PANAHUNAN (cf. vv. 1,2,4,10) na tumututok sa patuloy na pananatili sa nakalipas na panahon. Ang PANAHUNANG ito ay ginamit upang maipakita ang pag-iral ng Logos noon pa man (cf. 8:57-58; 17:5,24; 2 taga-Corinto 8:9; taga-Colosas 1:17; Hebreo 10:5-7). Ito'y pinag-iba sa mga AORIST NA PANAHUNAN ng vv. 3, 6, at 14.

▣ **"ang Salita"** Ang salitang *logos* ay tumutukoy sa isang mensahe, hindi lang isang salita. Sa ganitong kaugnay na kaisipan, ito ay isang titulo na kung saan ginagamit ng mga Griyego sa paglalarawan ng "mundong katwiran" at sa mga Hebreo na kasingtulad ng "Karunungan." Pinili ni Juan ang ganitong

kataga upang paninidigan na ang Salita ng Diyos ay parehong persona at mensahe. Tignan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, C.

▣ **"kasama ng Diyos"** "Kasama" ay maaring maisalin na "mukha sa mukha." Ito'y nagpapakita ng malalim na pakikipag-ugnayan. Ito rin ay tumuturo sa isang kaisipan ng isang banal na esensya at tatlong personal na walang hanggang kapahayagan. (tignan sa Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 14:26). Ang NT ay naninindigan sa kabalintunaan na si Hesus ay hiwalay sa Ama, ngunit Siya rin ay kaisa ng Ama.

▣ **"ang Salita ay Diyos"** Ito PANDIWA ay DI-GANAP PANAHUNAN gaya ng sa v. 1a. Walang PANTUKOY (na kinikilala ang PAKSA, tingnan ang F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 66) ang *Theos*, ngunit ang *Theos* ay inilagay na una ang Griyego parirala para sapagbibigay-diin. Ang talatang ito at v. 18 ay mga matitibay na pahayag ng buong pagka-Diyos ng Logos na umiiral bago pa ang paglalang (cf. 5:18; 8:58; 10:30; 14:9; 17:11; 20:28; taga-Roma 9:5; Hebreo 1:8; 2 Pedro 1:1). Si Hesus ay lubos ang pagka-Diyos at lubos ang pagka-tao (cf. 1 Juan 4:1-3). Siya ay hindi ang katulad ng Diyos ang Ama, ngunit Siya ay ang katulad na banal na esensiya gaya ng Ama.

Ang NT ay pinagdidiinan ang ganap na pagka-Diyos ni Hesus ng Nazaret, ngunit pinangangalagaan ang pagkakaiba ng persona ng Ama. Ang iisang banal na esensya ay binigyan-tuon sa Juan 1:1; 5:18; 10:30, 34-38; 14:9-10; at sa 20:28, habang ang kanilang pagkakaiba ay binigyan-diin sa Juan 1:2,14,18; 5:19-23; 8:28; 10:25,29; 14:11,12,13,16.

**1:2** Ito'y kahanay sa v. 1 at binigyan-diin muli ang nakakagulat na katotohnan na nilinaw ng monoteismo na si Hesus, na ipinanganak noong 6-5 B.C., ay lagi nang kasama ng Ama at nangangahulugan lamang na Siya ay Diyos.

**1:3 "Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya"** Ang Logos ay ang kinatawan ng Ama sa paglilikha ng parehong nakikita at di-nakiktang bagay (cf. v. 10; 1 taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:16; Hebreo 1:2). Ito'y kahalintulad ng gawain ng karunungan sa Awit 104:24 at Kawikaan 3:19; 8:12-23 (sa Hebreo, ang "karunungan" ay isang PAMBABAENG kasariang PANGNGALAN).

▣ **"at walang anumang nilikha nang hindi sa pamamagitan niya"** Ito ay pagpapabulaanan sa maling katuruan ng mga Gnostiks ng maka-anghel na laksang panahon sa pagitang ng mataas, mabuting diyos at mas mababang espiritwal na nilalang na nabuo sa noon pa mang pasimulang bagay. (tignan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, D).

Ito ay dapat na na makita na ang "Ama. . .anak" na paglalarawan ay isang matalinghagang paraan upang ipakita ang isang personal na pakikipag-ugnayan (cf. Deuteronomio 32:18). Ang pantaong pamilya ay isang madaling mauunawaang paraan upang ilarawan ang pakikipag-ugnayang ito. Ang katulad na katotohanang ito ay bahagi rin ng Hebreong konsepto ng "pagkakilala." Tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala sa Awit 1:6.

**2:8** Ang paghahari ng Mesias ay magiging pangkalahatan (cf. Awit 67:7; Isaias 45:22; 52:10; Jeremias 16:19; Mikas 5:4, tingnan ang Natatanging Paksa: Lupain, Bansa, Mundo sa Awit 2:2). Ito ay mundo ng Diyos. Ito ay nilikha bilang isang simulain para sa Diyos at ang mga nilalang ay nilikha sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) para sa pagsasama-sama (cf. Genesis 3:8). Ang paghihimagsik nina Adan at Eba (cf. Genesis 3) ay sinira ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan at naka-apekto nang pasalungat sa pisikal na nilikha (cf. taga-Roma 8:18-25). Hindi ito ang mundo na ninanais ng Diyos na maging! Gayunman, Siya ay tumangging talikdan ang sangkatauhan. Kanyang inihayag ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng Israel at sa ipinadala Niyang Anak (cf. Genesis 3:15) upang ipanumbalik ang nilikha sa hinahangad nito layon. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan sa isang tagpuan sa hardin (cf. Genesis 1-3; Awit 1:3) at ito ay magwawakas sa Diyos at sangkatauhan sa isang tagpuan sa hardin (cf. Pahayag 21-22). Lahat ng bagay sa pagitan ng Genesis 3 at Pahayag 21-22 ay Diyos ang naglilinis ng kaguluhan!

▣ **"pinakamana. . .pagmamay-ari"** Kapwa ang mga salitang ito ay mayroong teolohikong

kahalagahan sa kaloob ng Diyos, sa Kanyang pangkasuduang bayan. Ang una ay kadalasang nauugnay lalo na sa mga Levita. Ang pangalawa ay isang pangako sa mga supling ni Abraham (cf. Genesis 17:8; 48:4; Levitico 25:34).

**2:9 "Sila'y iyong babaliin ng isang pamalong bakal"** Ang Hebreong PANDIWA (BDB 949, KB 1270, *Qal* DI-GANAP) ay mula sa salitang-ugat na רעע, ngunit ang LXX at Peshitta binabasa ito bilang "pamumuno" o "pastol," רעה (BDB 944). Ang naunang iglesiya ay ginamit ang LXX at ito ang paraan na ginamit ang pariralang ito sa Pahayag 2:27; 12:5 at 19:15.

Gayunman, ang pagtutulad (paralelismo) sa kasunod na linya ng Hebreong panulaan (i.e., "pagdurog" – BDB 658, KB 711, *Piel* DI-GANAP) ay pinili ang "pagbali."

▣ **"pamalo"** Ang PANGNGALAN (BDB 986) ay maaaring mangahulugang "pamalo," "tungkod," o "setro." Ang huling opsyon ay tila ang pinakamainam sa maharlikang konteksto (cf. Awit 45:6; 125:3; Bilang 24:17; Isaias 14:5; Ezekiel 19:11,14; Zacarias 10:11). Kahit na kung ang "pastol" ay tama, ngayon ito ay "tungkod" (cf. Awit 23:4; Mikas 7:14).

▣ **"iyong dudurugin sila na parang isang sisidlan ng magpapalyok"** Ang pagdurog ng isang sisidlang luwad ay isang paglalarawan sa ANE para sa sagisag ng kahatulan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:10-12**

**10 Ngayon nga'y magpakapantas kayo, Oh kayong mga hari;**
**Mangatuto kayo, kayong mga hukom sa lupa.**
**11 Kayo'y mangagsamba sa PANGINOON na may takot**
**At mangagalak na may panginginig.**
**12 Mangagbigay-galang sa Anak, baka magalit Siya, at kayo'y mangapahamak sa daan**
**Sapagka't ang kaniyang poot ay madaling magalab.**
**Mapapalad ang nanganganlong sa kaniya!**

**2:10-12** Pansinin ang kalipunan ng MGA PAUTOS bilang salmista (i.e., David, cf. Mga Gawa 4:25), na nagsasalita para kay YHWH, ay nagbababala sa mga pinuno ng mundong ito upang maghanda sa pagsalubong sa Kaniya (cf. Kawikaan 8:12-21).

1. magpakapantas – BDB 968, KB 1328, *Hiphil* PAUTOS
2. mangatuto – BDB 415, KB 418, *Niphal* PAUTOS
3. mangangsamba sa Panginoon – BDB 712, KB 773, *Qal* PAUTOS
4. mangagalak na may panginginig – BDB 162, KB 189, *Qal* PAUTOS
5. mangagbigay-galang sa Anak (lit. "halik") – BDB 676, KB 730, *Piel* PAUTOS

**2:12 "ang Anak"** Mayroong ilang nagduruda tungkol sa saling ito. Ang Hebreong salitang "anak," בן (BDB 61), ay ginamit sa v. 7 ngunit dito ang salita ay בר (BDB 135, i.e., ang Aramaikong salitang para sa "anak," cf. Kawikaan 31:2 [tatlong beses]), na sa Hebreo ay maaaring mangahulugang "dalisay" (BDB 141 II, cf. Awit 24:4; 73:1; Job 11:4; Kawikaan 14:4). Ang NRSV at NJB ay isinalin ang vv. 11a-12a bilang "na nanginginig na paghalik sa kanyang paa." Ang UBS Text Project (p. 164) binagyan ang "paghalik sa Anak" ng isang "B" na antas (i.e., ilang pagduruda).

Ang ilang mga iskolar ay ipinagpaplagay na yamang ang vv. 11-12 ay patungkol sa mga nakapaligid na paganong bansa, mayroong isang makalayuning pagpapalit mula sa Hebreong "anak" patungo sa Aramaikong "anak." Ang pangkalahatang kahulugan ng "pagpapasakop" ay malinaw kahit na mga detalyeng pang-lingguwistika ay hindi!

▣ **"kayo'y mangapahamak *sa* daan"** Ang isa ay nagtataka kung ito ay hindi sinasadya na kapwa

ang mga salitang "mapapahammak" (BDB 1, KB 2) at "daan" (BDB 202) ay ginamit sa Awit 1. Ang biblikal na pananampalataya ay isang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan kay YHWH at sa Kanyang Mesias. Tiyak na ginamit ni Hesus ang Awit 1 at 2 bilang isang balangkas sa Mateo 5-7, lalo na ang 7:13,21-23,26-27.

▣ **"Mapapalad ang nanganganlong sa kaniya"** Ang huling linya ng Awit 2 ay nauugnay sa unang linya ng Awit 1, maaaring isang pampanitikang pamamaraan tinawag na *inclusio*. Sa gayon, ang Awit 1– Awit 2 ay bumubuo ng isang pampanitikang yunit (cf. Mga Gawa 13:33). Ang Talmud nagmumungkahi na ang Awit 1 sa Awit 2 bumubuo ng isang salmo (cf. b. Ber. 9b-10a). Maligaya ang tunay na nanampalataya na nagbibigay-galang kay YHWH at sumusunod sa Kanyang kapahayagan! Ang pananampalataya at katapatan ay dapat na magkasama. Ang pagpapawalang-sala at pagpapaging-banal ay hindi maipaghihiwalay!

Pansinin na ang kapwa Awit 1:1 at 2:12 ay pinapatingkad ang mga pantaong pagpili at pagkilos. Ang biblikal na pananampalataya ay isang buhay paglalakbay ng pagtitiwala at pagsunod.

Si YHWH ay inilarawan sa maraming mga talinghaga bilang isang lugar ng kaligtasan, katiwasayan, at kapahingahan. Tayo ay magtiwala/magtamo ng kanlungan sa

1. isang bato – Deuteronomio 32:37; 2 Samuel 22:2,3; Awit 18:2
2. isang muog – 2 Samuel 22:2; Awit 144:2
3. isang tanggulan – Awit 18:2; 62:2; 144:2
4. isang taga-pagpalaya – 2 Samuel 22:2; Awit 144:2
5. isang kalasag – Genesis 15:1; 2 Samuel 22:3; Awit 3:3; 18:2; 144:2; Kawikaan 30:5
6. isang sungay ng kaligtasan – 2 Samuel 22:26; Awit 18:2; 75:10
7. isang inahing ibon – Awit 17:8; 36:7 (tingnan din sa Deuteronomio 32:10-11); 57:1; 63:7; 91:4

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit maituturing na pang-Mesias ang Awit na ito?
2. Ang mga bansa ba ay lokal o laganap sa buong mundo?
3. Bigyang-kahulugan ang "pinahiran ng langis" sa talata 2.
4. Ang "Kanyang pinahiran ng langis" at Ang aking Anak ba ay iisang persona?
5. Kung ito ay tumutukoy kay Hesus, ang talata 7 ba ay nagpapahiwatig na siya ay nilikha?

# AWIT 3

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pang-umagang Panalangin ng Pagtitiwala sa Diyos<br>Panimula sa MT<br>"Isang Awit ni David, siya ay tumakas mula kay Absalom na kanyang anak"<br>(cf. I1 Samuel 15-16) | Ang PANGINOON ay Tinutu-lungan ang Kanyang Ligalig na Bayan | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa mga Personal na Kaaway (Isang Panaghoy) | Pang-umagang Panalangin para sa Paghingi ng Tulong | Pang-umagang Panalangin ng Matutuwid sa gitna ng Pag-uusig |
| 3:1-2 | 3:1-2 | 3:1-2 | 3:1-2 | 3:1-2 |
| 3:3-6 | 3:3-4 | 3:3-4 | 3:3-4 | 3:3-4 |
| | 3:5-6 | 3:5-6 | 3:5-6 | 3:5-6 |
| 3:7-8 | 3:7-8 | 3:7 | 3:7-8 | 3:7-8 |
| | | 3:8 | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:1-2**
**1 PANGINOON, ano't ang aking mga kaaway ay nagsisidami!**
**Marami sila na nagsisibangon laban sa akin.**
**2 Marami ang nagsasabi sa aking kaluluwa,**
**"walang tulong sa kaniya ang Diyos." Selah.**

**3:1-2** Ang salmista ay nakaramdan nang pagbitag/pagpaligid ng mga kaaway (BDB 865 III).

1. sila ay dumami (cf. v. 6)
2. sila ay bumabangon
3. sila ay nagsasalita

Pansinin ang tatluhang paggamit ng "marami" (BDB 912 I). Kahit na para sa matuwid na may takot sa Diyos mayroong mga suliraning (tunay at inaakala) sa lugmok na mundong ito. Ninanais ng Awit magbigay sa mga mambabasa ng isang pananawa sa mundo na may pananampalataya (i.e., ang mga mata ng pananampalataya, cf. 2 Hari 6:17). Ang paalala ng salmo ay inilalarawan ang presensiya at pagkalinga ni YHWH!

Ang isa ay nagtataka kung papaano naisasakatuparan ang mga panaghoy na ito sa

1. ating panahon
2. ating mga pangkat pananampalataya

Ang mga di-sumasang-ayon ba sa atin ay mga kaaway ng Diyos? Sa aking pananawa, ang pinakamainam na gamitin ang mga awit bilang mga salita ng pagpapalakas sa pananampalataya/ pagtitiwala sa Diyos at hindi bilang isang pag-atake sa lahat ng hindi sumasang-ayon sa akin! Ang tunay na mga kaaway ay silang itinatanggi ang ating Diyos at Kanyang Kristo!

**3:2 "aking kaluluwa"** Ito ay ang Hebreong salitang *nephesh* (BDB 659, KB 711-713), na nagpapakilala isang panghimpapawid na hayop (i.e., nauugnay sa ang Hebreong salitang para sa paghinga at espiritu). Ito ay ginamit ng sangkatauhan (cf. Genesis 2:7) at mga baka (cf. Genesis 1:24; 2:19).

Ang mga tao ay kapwa isang bahagi ng paglalang na ito at nilikha sa larawan at wangis ng Manlilikha (cf. Genesis 1:26-27). Tayo ay mayroong kapwa isang pisikal na sangkap at isang espirituwal na sangkap.

▣ **"Selah"** Pansinin ang terminong ito na inilagay sa gilid, ay tila para sa direktor ng mang-aawit, sa Awit 3:2,4,8. Ang salitang-ugat ay hindi tiyak. Dito ay ilan sa mga teoriya.

1. mula sa Persyanong salitang-ugat na para sa "awit"
2. mula sa Hebreong סלל (BDB 699) "itaas," i.e., isang mas mataas na tono
3. mula sa Hebreong נצח (BDB 663) kahulugan "ay palagi," gumaganap tulad ng "amen"
4. mula sa LXX na nagpapakilala na isang pagpapahinga sa mga instrumento

Sa lahat ng mga teoriyang ito, ito ay maliwanag na mga makabago ay di nalalaman kung ano ang pinatutungkulan nito sa Salmo. Ito ay ginamit nang mahigit 70 beses sa MT at mahigit 90 beses sa LXX. Tingnan ang Panimula sa Awit, VIII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:3-6**

**3 Nguni't ikaw, Oh PANGINOON ay isang kalasag sa palibot ko,**
**Ang aking kaluwalhatian; at siyang tagapagtaas ng aking ulo.**
**4 Ako'y dumadaing ng aking tinig sa PANGINOON,**
**sinasagot niya ako mula sa kaniyang banal na bundok. Selah.**
**5 Ako'y nahiga, at natulog;**
**ako'y nagising; sapagka't inaalalayan ako ng PANGINOON.**
**6 Ako'y hindi matatakot sa sangpung libo ng bayan**
**na nagsihanda laban sa akin sa buong palibot.**

**3:3-6 "Oh PANGINOON"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa Awit 1:1.

▣ **"Ikaw. . .ay"** Ang salmista ay inisa-isa sa makapangyarihang panglalarawan ang persona at pagkilos ni YHWH para sa mananampalataya.

1. isang kalasag, v. 3 – Genesis 15:1; Deuteronomio 33:29; 2 Samuel 22:3; Awit 28:7; 33:20; 59:11; 84:11; 115:9,10,11; 119:114; 144:2 (tingnan din ang 1 Pedro 1:5)
2. aking kaluwalhatian, v. 3 – Awit 62:7
   a. karangalan
   b. katagumpayan (cf. TEV)
3. itinataas ang aking ulo, v. 3
   a. tagumpay sa digmaan
   b. pagkilala ng hukom sa hukuman
   c. pagkalaya mula sa kamatayan
4. mga sagot sa aking mga panalangin, v. 4
5. inaalalayan, v. 5
6. nagdudulot sa akin an hindi matakot, v. 6

**3:4 "Ako'y dumadaing ng aking tinig sa PANGINOON"** Ang panalanging ito ay para sa paghingi ng tulong na maaaring Awit 3:7a. Ang mga kinalabasan ng "Tinugon Niya ako" ay makikita sa 3:7b-8.

▣ **"mula sa Kanyang banal na bundok"** Tumutukoy ito sa templo, kung saan sa paglalarawan ng OT, si YHWH ay nanananahan sa pagitan ng mga pakpak ng *Cherubim* sa ibabaw ng arko ng kasunduan. Ito ang lugar na pinagtatagpuan ng kalangitan at mundo (espirituwal at pisikal)!

**3:5** Ang pagtulog ay maaari dahil sa presensya, kapayapaan, at pag-iingat ni YHWH (cf. Awit 4:8; Kawikaan 3:24). Ang Awit 3:5a ay isang wikain para sa isang mapagpahingang gabi ng pagtulog! Ito ay maaari dahil sa pananampalataya at pagtitiwala kay YHWH, sa Kanyang presensya, sa Kanyang mga pangako, sa Kanyang katangian!

**3:6** Ito ay hayperboliking, pangwikaing wika. Ang terminong "sampung libo" (BDB 914) ay isang wikain para sa isang di-mabilang na hukbo. Ang PANGMARAMIHAN (tulad nito) ay pinapaigting ito (cf. Deuteronomio 33:2,17; 1 Samuel 18:7; Mikas 6:7).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:7-8**

**[7]Bumangon ka, Oh PANGINOON; iligtas mo ako, Oh aking Diyos!**
**sapagka't iyong sinampal ang pisngi ng lahat ng aking mga kaaway;**
**iyong binungal ang mga ngipin ng masasama.**
**[8]Pagliligtas ay ukol sa PANGINOON;**
**sumaiyong bayan nawa ang iyong pagpapala! Selah.**

**3:7** Ang talatang ito ay nagsimula sa dalawang MGA PAUTOS (i.e., mga panalanging nakikiusap).
1. bumangon – BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS ay ginamit sa isang kaunawaan ng pagsamo kay YHWH na kumilos, cf. Bilang 10:35; Awit 7:6; 9:19; 10:12; 44:26; 68:1; 74:22; 82:8; 132:8; gaya ng mga kaaway "arose," ngayon ang salmista ay tumatawag kay YHWH bumangon (i.e., mula sa Kanyang trono)!
2. magligtas – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS, na sa OT, ay nagpapakilala ng pagpapalaya mula sa ang mga pagsubok, mga sakit, mga isyu ng buhay na ito (Awit 3:8)

**NATATANGING PAKSA: KALIGTASAN (Salitang OT)**

Ang salitang ito (BDB 447) ay maraming mga pakahulugan.

1. kapakanan, kasaganahan, Job 30:15
2. kaligtasang mula sa Diyos na kinapapalooban ng kapwa mga pisikal at espiritwal aspeto
   a. Genesis 49:18
   b. Deuteronomio 32:15
   c. Awit 3:2,8; 22:1; 35:3; 62:2; 69:29; 70:5; 78:22; 80:3; 89:26; 91:16; 106:4; 140:7
   d. Isaias 12:2; 33:2; 51:6,8; 52:7,10; 56:1; 59:11; 60:18; 62:1
3. Ang kaisipan ng pisikal at espiritwal na pagpapalaya ay maliwanag na ipinakilala sa Jonas 2:9-10
4. kadalasang "kagalakan" ay maiuugnay sa kaligtasang galing kay YHWH, I Samuel 2:1; Isaias 25:9; 26:1; Awit 9:14; 13:5; 35:9

Ang kaligtasan ay kinabibilangan ng pagsasakatuparan ng orihinal na ninais na pakikipag-ugnayan at lipunan ni YHWH sa Kanyang mga nilalang na sangkatauhan. Ito ay kinabibilangan ng pangsarili at panlipunang pagkabuo!

▣ **"ay sinampal…ay binungal"** Si YHWH ay nagdadala ng pagpapala sa pamamagitan ng mabisang pagkikitungo sa mga paghihirap ng salmista.

1. sinampal – BDB 645, KB 697, *Hiphil* GANAP NA
2. binungal – BDB 990, KB 1402, *Piel* GANAP NA

Ang "pisngi" (BDB 534 I) at "ngipin" (BDB 1042 I) ay mga wikain ng pagkapahiya at pagkatalo (cf. 1 Hari 22:24; Job 16:10; Awit 58:6; Mikas 5:1). Ito ay tiyakang tumutukoy sa kanilang mga napopoot na salita (cf. v. 2).

**3:8** Walang MGA PANDIWA sa Awit 3:8. Kadalasang ang biblikal na Hebreong "na maging" PANDIWA ay ay idinadagdag ng mambabasa.

▣ **"Selah"** Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2.

**3:9** Pansinin kung paanong nag isang pansariling pananaghoy ay ginamit upang ilarawan ang isang pangkalahatang pagkabahala (i.e., "Iyong mga tao," ng v. 9; Awit 25:22; 28:9). Si YHWH ay nagdudulot kaligtasan/pagpapalaya, hindi lamang sa mga indibidwal na humihingi ngunit sa bansang humihiling (i.e., 2 Cronica 7:14).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang mga kaaway?
2. Bakit kanilang itinatanggi ang pagpapalaya ni YHWH?
3. Ano ang ibig-sabihin ng PAUTOs "bumangon"?
   Ano ang maaari nitong kaligiran o pinagbatayan?

4. Ano ang ibig-sabihin ng “Selah”?

# AWIT 4

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panggabing Panalangin ng Pagtitiwala sa Diyos<br>Panimula sa MT<br>"Para sa punong mangaawit; sa mga may kuwerdas na instrumento, isang Awit ni David" | Ang Kaligtasa ng mga Matatapat | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa Personal na mga Kaaway (isang Panaghoy) | Panggabing Panalangin para sa Paghingi ng Tulog | Panggabing Panalangin |
| 4:1 | 4:1 | 4:1 | 4:1 | 4:1 |
| 4:2-3 | 4:2-3 | 4:2 | 4:2 | 4:2 |
| | | 4:3 | 4:3 | 4:3 |
| 4:4-5 | 4:4-5 | 4:4-5 | 4:4-5 | 4:4 |
| | | | | 4:5 |
| | | | | 4:6 |
| 4:6-8 | 4:6-8 | 4:6-7 | 4:6-7 | 4:7 |
| | | 4:8 | 4:8 | 4:8 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MAIKLING BALANGKAS**

A. Pambukas na panalangin sa Diyos, v. 1

B. Pahayag sa mga katunggali, vv. 2-3

C. Mga utos para sa isang nararapat na pagtugon sa Diyos, vv. 4-5

D. Pangwakas na panalangin sa Diyos, vv. 6-8

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:1**
**1 Sagutin mo ako, pagka tumatawag ako, Oh Diyos ng aking katuwiran!**
**inilagay mo ako sa kaginhawaan, nang ako'y nasa kagipitan;**
**maawa ka sa akin, at dinggin mo ang aking dalangin.**

**4:1** Pansinin ang MGA PAUTOS na ginamit upang magsumamo sa Diyos.

1. sagutin ako – BDB 772, KB 851, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 27:7
2. maawa sa akin – BDB 335, KB 334, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 25:16; 69:16
3. dinggin ang aking panalangin – BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 17:6; 39:12

Ang salmista ay umaasa na diringgin at Diyos at gaganap (cf. Awit 3:4; 6:8,9; 17:6; 86:7)! Ang panalangin ay hindi lamang isang kahilingan kahilingan, ito ay pagsasama-sama! Kailangang nating Siya na mas higit pa sa ating mga natugunang kahilingan!

▣ Pansinin kung paano ipinakilala ng salmista ang Diyos.

1. Oh Diyos ng aking katuwiran (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5)
2. Oh Diyos, sumasaklolo ng aking pagkabahala

Napakaraming personal na MGA PANGHALIP sa unang dalawang mga talata! Si YHWH ay ang tanging pinagmumula ng "katuwiran," na nagdadala ng kapayapaan (kapwa sa pisikal at espirituwal)!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"inilagay ako sa kaginhawaan"** |
| **NRSV, LXX** | **"binigyan ako ng silid"** |
| **NJB** | **"pinakawalan ako"** |
| **JPSOA, REB** | **"pinalaya ako"** |

Ang Hebreong salitang (BDB 931, KB 1210, *Hiphil* GANAP) ay isang wikain para sa isang malawak na kalalagyan (cf. Awit 18:19), ang kasalungat ng "pagbabawal" (i.e., pang-aapi, kapighatian, makitid na mga daan, BDB 865, "pagkabahala"). Ang matalinghaga nitong likas ay makikita sa Genesis 26:22; Deuteronomio 33:20; Awit 25:17; Isaias 54:2; 57:8.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:2-3**
**2 Oh kayong mga anak ng tao, hanggang kailan magiging kasiraan ang aking kaluwalhatian?**
***Gaano* katagal iibigin ninyo ang walang kabuluhan, at hahanap sa kabulaanan?**
**Selah.**
**3 Nguni't talastasin ninyo na ibinukod ng PANGINOON sa ganang kaniyang sarili ang banal;**
**didinggin ng PANGINOON pagka ako'y tumawag sa kaniya.**

**4:2** Ang may-akda ay naglalahad ng magkatunggaling kalagayan sa pamamagitan ng dalawang katanungan na na inuukol sa kanila na tumututol.

1. kasiraan/kahihiyan – BDB 484
2. walang kabuluhan/mga walang saysay na salita – BDB 938
3. kabulaanan/kasinungalingan – BDB 469

Yamang ang Diyos ay tinawag na "aking katuwiran" sa Awit 4:1, ngayon Siya ay tinawag na maihayag ang pag-uugalit, mga layunin, at mga pagkilos ng gustong manakit sa salmista.

▣
**NASB "magiging kasiraan ang aking kaluwalhatian"**
**NKJV "aking kaluwalhatian sa kahihiyan"**
**NJB "kabigatan ng puso"**

Ang NJB ay sumusunod sa LXX, na tila isinalin sa isang naiibang Hebreong teksto kaysa sa MT. Ang UBS Text Project (p. 165) ay binibigyan ang MT ng isang "C" na antas (hindi kakaunting pagduruda).

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2.

**4:3** Paano tutugon sa mga katanungan ng salmista sa v. 2 ang mga katunggali?

1. alamin (*Qal* PAUTOS) na ang Panginoon ay mayroong inihiwalay (LXX, "ay mayroong ginawang mga nakakamanghang bagay para sa Kanyang isang banal," cf. NJB, NEB) ang maka-Diyos na tao para sa Kanyang sarili (UBS Text Project ay binibigyan isang "A" na antas [napakataas na pagkakataong mangyari])
2. ang Panginoon hears ang maka-Diyos na man (BDB 339) when he prays

Nakikilala at tumutugon si YHWH sa Kanyang tunay na mga tagasunod. Ang isang pagsalakay sa kanila ay isang pagsalakay sa Kaniya!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:4-5**
**[4]Kayo'y magsipanginig, at huwag mangagkasala;**
**mangagbulaybulay kayo ng inyong puso sa inyong higaan, at kayo'y magsitahimik.**
**Selah.**
**[5]Mangaghandog kayo ng mga hain ng katuwiran,**
**at ilagak ninyo ang inyong tiwala sa PANGINOON.**

**4:4-5** Mayroong isang kalipunan ng mga utos na iminungkahi ang salmista kung paano dapat mabuhay ang kanyang mga katunggali (i.e., "mga anak ng tao," v. 2).

1. manginig – BDB 919, KB 1182, *Qal* PAUTOS
2. huwag mangagkasala – BDB 306, KB 305, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
3. mangagbulaybulay (lit. magsalita) – BDB 55, KB 65, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 77:6
4. magsitahimik – BDB 198, KB 226, *Qal* PAUTOS
5. mangaghandog ng mga hain – BDB 256, KB 261, *Qal* PAUTOS
6. magtiwala kay YHWH – BDB 105, KB 120, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 37:3; 62:8

**4:4** Ang bilang 2 sa itaas ay sinipi ni Pablo sa taga-Efeso 4:26 sa pagsasama ng Deuteronomio 24:15, bilang "ay mangagalit, at *ngunit* huwag kayong mangakasala," na mula sa LXX. Ang MT ay mayroong "manginginig" na nagpapakilala "pagkatakot" (cf. Isaias 32:11; Mikas 7:17; Habakkuk 3:16), hindi galit.

▣ **"magsitahimik"** Ang salita (BDB 198, KB 226) ay mayroong maraming pagkakagamit.

1. pagkatakot sa digmaan – Exodo 15:14-16
2. walang masabi sa kahatulan – 2 Samuel 2:9
3. pagkatahimik sa kamatayan – Awit 31:17; 94:17; Jeremias 48:2; 49:26
4. nabiglang pagkatahimik at pagkawasak – Jeremias 25:37
5. pagkatamik ng karunungan sa isang nararapat na pagkakataon – Awit 4:4; 62:5; 131:2; Amos 5:13

▣ **"Selah"** Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2.

**4:5 "pagtitiwala sa ang Panginoon"** Ito ay isang paulit-ulit paksa (BDB 105, KB 120).

2. isang panawagan sa mga makasalanan – Awit 4:5
3. isang panawaga sa matatapat– Awit 9:10; 32:10; 37:3,5; 40:3; 55:23; 56:4,11; 84:12; 91:2; 112:7; 115:11; 125:1; 143:8; Kawikaan 16:20; 29:25; Isaias 26:3-4
4. ang hari – Awit 21:7; 25:2; 26:1; 28:7
5. ang mga ama – Awit 22:4-5
6. Oh mga tao – Awit 62:8; 115:9
7. mga saserdote – Awit 115:10

Ito ay pagtitiwala kay YHWH at sa Kanyang salitang na nagdadala ng pag-asa (cf. v. 3), kaligayahan (cf. v. 7), at kapayapaan (cf. v. 8) sa nalugmok na mundong ito.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:6-8**

**6 Marami ang mangagsasabi, "Sinong magpapakita sa amin ng mabuti?"**
**PANGINOON, pasilangin mo ang liwanag ng iyong mukha sa amin!**
**7 Ikaw ay naglagay ng kasayahan sa aking puso,**
**ng higit kay sa kanilang tinatangkilik nang ang kanilang butil, at kanilang alak ay magsidami.**
**8 Payapa akong hihiga at gayon din matutulog,**
**sapagka't ikaw, PANGINOON, pinatatahan mo akong mag-isa sa katiwasayan.**

**4:6-7** Tulad ng talata 2, ang talata 6 ay nagsisimula sa isang tanong na nagpapakilala ng saloobin, mga layunin at mga pagkilos ng mga katunggali ng salmista.

Ang sagot ay ang kahilingan (*Qal* PAUTOS) na si YHWH "ay magpasilang ng liwanag ng kaniyang mukha sa amin" (cf. Bilang 6:26; Awit 80:3,7,19). Ito ay isang wikain ng pagka-Diyos na tinatanggap ang personal na pagpansin at pagpapaabot ng kahabagan sa Kanyang matapat na (v. 5b) mga tagasunod (cf. Awit 27:1; Mikas 7:8). Si YHWH ay

1. inilagay ang kagalakan sa puso ng salmista
2. ilagay ang kapayapaan sa puso ng salmista
3. ilagay ang kaligtasan sa puso ng salmista

Sa Bilang 6:26 ang PANDIWANG "itaas," ay נשא, BDB 669, ngunit dito ito ay נסה (KB 702). Tila sila ay dalawang mga anyo ng isang salitang-ugat (cf. BDB 650, KB 702, NET Bible, p. 853, #6).

**4:7 "puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: ANG PUSO**

Ang Griyegong salita na *kardia* ay ginamit sa at NT upang ipakita ang Hebreong salita na *lēb* (BDB 523). Ito ay ginamit sa maraming paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Greek-English Lexicon*, pp. 403-404).

1. ang gitna ng buhay pisikal, isang talinghaga para sa tao (cf. Gawa 14:17; II taga-Corinto 3:2-3; Santiago 5:5)
2. ang gitna ng buhay Espirituuwal (i.e., moral)
   a. nakikilala ng Diyos ang puso (cf. Lucas 16:15; taga-Roma 8:27; I taga-Corinto 14:25; I taga-Thesalonica 2:4; Pahayag 2:23)
   b. ginamit sa eEspirituuwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Mateo 15:18-19; 18:35; taga-Roma 6:17; I Timoteo 1:5; II Timoteo 2:22; I Pedro 1:22)
3. ang gitna ng buhay pangkaisipan (i.e., talino, cf. Mateo 13:15; 24:48; Mga Gawa 7:23; 16:14; 28:27; taga-Roma 1:21; 10:6; 16:18; II taga-Corinto 4:6; taga-Efeso 1:18; 4:18;

Santiago 1:26; II Pedro 1:19; Pahayag 18:7; ang puso ay kasing-kahulugan ng isipan sa II taga-Corinto 3:14-15 at taga-Filipos 4:7)

4. ang gitna ng pagpapasya (i.e., kalooban, cf. Mga Gawa 5:4; 11:23; I taga-Corinto 4:5; 7:37; II taga-Corinto 9:7)
5. ang gitna ng damdamin (cf. Mateo 5:28; Mga Gawa 2:26,37; 7:54; 21:13; taga-Roma 1:24; II taga-Corinto 2:4; 7:3; taga-Efeso 6:22; taga-Filipos 1:7)
6. natatanging lugar sa pagkilos ng Espiritu (cf. taga-Roma 5:5; II taga-Corinto 1:22; taga-Galacia 4:6 [i.e., si Kristo sa ating puso, taga-Efeso 3:17])
7. Ang puso ay isang paraang patalinghaga na tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Mateo 22:37, sinipi sa Deuteronomio 6:5). Ang mga kaisipan, mga motibo, at mga pagkilos na inuukol sa puso ay lubusang naghahayag sa uri ng tao. Ang OT ay mayroong kapansin-pansing mga paggamit ng mga salita
   a. Genesis 6:6; 8:21, "Ang Diyos ay napighati sa kanyang puso," pansinin din ang Osea 11:8-9
   b. Deuteronomio 4:29; 6:5, "ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa"
   c. Deuteronomio 10:16, "di-tuling puso" at Roma 2:29
   d. Ezekiel 18:31-32, "isang bagong puso"
   e. Ezekiel 36:26, "isang bagong puso" laban sa "isang pusong bato"

▣ **"bagong butil"** *Ang UBS Handbook* (p. 47) ay binanggit na ang Hebreong MSS ay matatagpuan sa Dead Sea Scrolls, gayundin sa LXX at Vulgate, dagdagan ng "langis ng oliba" pagkatapos ng "butil" at bago sa "bagong alak," na maaaring nanggaling sa Deuteronomio 7:13; 11:14; 12:17; 14:23; 18:4; 28:51.

▣ **"bagong alak"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: BIBLIKAL NA SALOOBIN PATUNGKOL SA ALKOHOL (PAGBUBURO) AT PAGKAGUMON SA ALKOHOL**

I. Biblikal na mga Salita
  A. Lumang Tipan
    1. *Yayin* – Ito ang pangkalahatang Salita para sa alak (BDB 406), na ginamit ng 141 beses. Ang pinagmulang salita ay di tiyak dahil hindi ito nag-ugat sa Hebreo. Ito ay laging nangangahulugang pinangasim na katas ng bunga, kadalasan ay ubas. Ilang mga tipikal na sipi ay ang Genesis 9:21; Exodo 29:40; Bilang 15:5,10.
    2. *Tirosh* – Ito ay "bagong alak" (BDB 440). Dahil sa ma-klimang kondisyon ng Near East, nagsisimula ang pagpapaasim makalipas ang anim na oras matapos ang pagkakatas sa bunga. Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaasim. Para sa ilang mga tipikal na sipi tignan ang Deuteronomio 12:17; 18:4; Isaias 62:8-9; Osea 4:11.
    3. *Asis* – Ito ay halatang isang alkohol na inumin ("matamis na alak," BDB 779, e.g. Joel 1:5; Isaias 49:26).
    4. *Sekar* – Ang Salitang ito ay "malakas na pag-inom" (BDB 1016). Ang ugat na Hebreo ay ginamit sa Salitang "lasing" o "lasenggero ." Mayroon itong bagay na idinagdag para ito ay maging nakakalalasing. Ito ay kahanay sa *yayin* (cf. Kawikaan 20:1;31:6; Isaias 28:7).
  B. Bagong Tipan
    1. *Oinos* – ang Griyegong kapantay ng *yayin*

2. *Neos oinos* (bagong alak) – ang Griyegong kapantay ng *tirosh* (cf. Marcos 2:22).
3. *Gleuchos vinos* (matamis na alak, *asis*) – alak sa unang baitang pagpapaasim (cf. Gawa 2:13).

II. Biblikal na Gamit

A. Lumang Tipan

1. Ang alak ay kaloob ng Diyos (Genesis 27:28; Awit 104:14-15; Ecclesiastes 9:7; Osea 2:8-9; Joel 2:19,24; Amos 9:13; Zacarias 10:7).
2. Ang alak ay bahagi ng sakripisyong paghahandog (Exodo 29:40; Levitico 23:13; Bilang 15:7,10; 28:14; Deuteronomio 14:26; Hukom 9:13).
3. Ang alak ay ginagamit bilang isang gamot (II Samuel 16:2; Kawikaan 31:6-7).
4. Ang alak ay maaaring maging isang tunay na suliranin (Noah – Genesis 9:21; Lot – Genesis 19:33,35; Samson – Hukom 16; Nabal – I Samuel 25:36; Urias – II Samuel 11:13; Amnon – II Samuel 13:28; Elah – I Hari 16:9; Benhadad – I Hari 20:12; mga pinuno – Amos 6:6; ang mga kababaihan – Amos 4).
5. Ang alak ay maaring abusuhin (Kawikaan 20:1; 23:29-35; 31:4-5; Isaias 5:11,22; 19:14; 28:7-8; Osea 4:11).
6. Ang alak ay ipinagbabawal sa ilang mga pangkat (mga saserdoteng kasalukuyang nakatalaga, Levitico 10:9; Ezekiel 44:21; mga Nazarito, Bilang 6; at mga namumuno, Kawikaan 31:4-5; Isaias 56:11-12; Osea 7:5).
7. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Amos 9:13; Joel 3:18; Zacarias 9:17).

B. *Interbiblikal*

1. Ang alak sa mahinahong pag-inom ay labis na nakakatulong (Ecclesiasticus 31:27-30).
2. Ang sabi ng mga rabi o gurong Hudyo , "Ang alak ay ang higit sa lahat ng mga medisina, kung saan kulang ang alak, tiyak higit na kailangan ang mga gamot" (BB 58b).

C. Bagong Tipan

1. Binago ni Hesus ang madaming tubig na maging alak (Juan 2:1-11).
2. Uminom si Hesus ng alak (Mateo 11:18-19; Lucas 7:33-34; 22:17ff).
3. Si Pedro ay inakusahan sa paglalasing ng "bagong alak" sa Pentecost (Mga Gawa 2:13).
4. Ang alak ay maaring gamitin bilang medisina (Marcos 15:23; Lucas 10:34; I Timoteo 5:23).
5. Ang mga pinuno ay hindi dapat maging abusado. Hindi ito nangangahulugan ng lubusang pag-iwas (I Timoteo 3:3,8; Tito 1:7; 2:3; I Pedro 4:3).
6. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Mateo. 22:1ff; Pahayag 19:9).
7. Ang paglalasing ay nakalulungkot (Mateo 24:49; Lucas 12:45; 21:34; I taga-Corinto 5:11-13; 6:10; taga-Galacia 5:21; I Pedro 4:3; taga-Roma 13:13-14).

III. Teolohikong na pagkakaunawa

A. Diyalektikong tensyon

1. Ang alak at kaloob ng Diyos.
2. Ang paglalasing ay isang pangunahing suliranin.
3. Ang mananampalataya sa ilang mga kultura ay dapat limitahan ang kanilang kalayaan alang-alang sa ebanghelyo (Mateo 15:1-20; Marcos 7:1- 23; I taga-Corinto 8-10; taga-Roma 14).

B. Ang pagkahilig na lumagpas sa itinakdang mga hangganan

1. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting mga bagay.
2. Ang lugmok na sangkatauhan ay inabuso ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng paglagpas sa itinakdang hangganan ng Diyos.

C. Ang pag-abuso ay nagmumula sa atin, hindi sa mga bagay. Walang masama sa pisikal na nilikha (cf. Marcos 7:18-23; taga-Roma 14:14,20; I taga-Corinto 10:25-26; I Timoteo 4:4;

Tito 1:15).

IV. Unang Siglong MakaHudyong Kultura at Pagpapaasim
   A. Ang pagpapaasim ay nagsisimula ng mabilisan, halos anim na oras matapos na mapiga ang ubas.
   B. Sinasabi ng tradisyon ng Hudyo na kapag may maliit na bula ang lumitaw sa ibabaw ( tanda ng pagaasim), ito ay maaring maging alak- katiting na bahagi (*Ma aseroth* 1:7). Ito ay tinawag na "bagong alak" o "matamis na alak."
   C. Ang pangunahing matinding pagpapaasim ay nakokompleto pagkatapos ng isang lingo.
   D. Ang ikalawang bahagi ng pagaasim ay inaabot ng 40 araw. Sa ganitong kalagayan ito itinuturing na "pnatandang alak" at maaring ialay sa altar (*Edhuyyoth* 6:1).
   E. Ang alak na inilagak sa kanyang lumang alak ay itinuturing na mabuti, ngunit kailangan muna itong salain bago gamitin.
   F. Ang alak ay itinuturing na maayos na pinatanda kadalasan ay inaabot ng isang taon ng pagpapaasim. Tatlong taon ang pinakamahabang takdang panahon ng alak na ligtas itong naka-imbak. Tinatawag iton "matandang alak" at kailangan na haluan ng tubig.
   G. Tanging sa nakalipas na 100 taon na may malinis na kilalagayan at nagdadagdag ng kemikal na sangkap ay ang pagpapaasim ay napapatigil. Ang sinaunang mundo ay di kayang pigilan ang natural na proseso ng pagpapaasim.

V. Pangwakas na Paglalahad
   A. Siguraduhing ang iyong karanasan, teolohiya , at biblikal na interpretasyon ay hindi nakakapagpababa kay Hesus at sa kultura ng unang siglong Hudyo/Kristyano. Sila ay kapansin-pansin hindi buong lakas na umiiwas.
   B. Hindi ko itinataguyod ang panlipunang gamit ng alkohol. Gayunman, marami ang nagbibigay diin sa posisyon ng Biblia sa paksang ito at ngayon ay nag-aangkin na mataas na antas ng kabanalan batay sa kultura/denominasyonal na pagkiling.
   C. Para sa akin, ang taga-Roma 14 at I taga-Corinto 8-10 ay nagbigay ng mga kaunawaan at patnubay batay sa pag-ibig at respeto para sa kapwa mga mananampalataya at ang pagkalat ng ebanghelyo sa ating kultura, hindi personal na kalayaan o kritisismong paghuhusga. Kung ang Biblia ang tangin pinagmumulan ng ating paniniwala at kaugalian, kung gayon marahil dapat lahat tayo ay muling isaisip ang usaping ito.
   D. Kung patuloy nating pagtutulakan ang tahasang pag-iwas bilang kalooban ng Diyos, anu ang ipinahihiwatig natin kay Hesus, at sa ilang mga modernong kultura na regular na gumagamit ng alak (e.g., Europa, Israel, Argentina)?

**4:8**
**NASB, NKJV**
**NRSV, REV,**
**NJB** **"sapagkat ikaw lamang, PANGINOON, pinatatahan mo akong mag-isa sa katiwasayan"**
**NET, JPSOA (talababa)** **"sapagkat ikaw, O PANGINOON, pinananatiling mo kong mag-isa at ligtas"**

Ang salitang "lamang" (BDB 94) ay tumutukoy sa
1. ang Panginoon
2. ang matapat na tagasunod na natutulog mag-isa (i.e., walang mga kaaway na makikita)

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan

sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo.  Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon.  Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat.  Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang “mga anak ng tao”?  Paano sila mailalarawan?
2. Ano ang iba’t-ibang mga kahulugan ng Hebreong PANDIWANG “makilala”?
3. Ipaliwanag talata 4 sa inyong sariling mga salita.
4. Sino ay ang “marami” sa talata 6?

# AWIT 5

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Pagka-linga mula sa Masasama<br>Panimula sa MT<br>"Para sa Pinunong Mang-aawit; para sa saliw ng plauta. Isang Awit ni David" | Isang Panalangin para sa Patnubay | Panalangin para sa Pagpapa-mula sa mga Personal na Kaaway (isang Panaghoy) | Isang Panalangin para Pagka-linga | Pang-umagang Panalangin |
| 5:1-3 | 5:1-3 | 5:1-3 | 5:1-3 | 5:1-2 |
| | | | | 5:3 |
| 5:4-7 | 5:4-6 | 5:4-6 | 5:4-6 | 5:4-5a |
| | | | | 5:5b-6 |
| | | | | 5:7 |
| 5:8-10 | 5:7-8 | 5:7-8 | 5:7-8 | 5:8 |
| | | | | 5:9 |
| | 5:9-10 | 5:9-10 | 5:9-10 | 5:10 |
| | | | | 5:11 |
| 5:11-12 | 5:11-12 | 5:11-12 | 5:11-12 | 5:12 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:1-3**
**[1]Pakinggan mo ang aking mga salita, Oh PANGINOON,**
**pakundanganan mo ang aking pagbubulaybulay.**
**[2]Dinggin mo ang tinig ng aking daing, Hari ko, at Diyos ko,**
**sapagka't sa iyo'y dumadalangin ako.**
**[3]Oh Panginoon, sa kinaumagaha'y didinggin mo ang aking tinig**
**sa kinaumagahan ay aayusin ko ang aking dalangin sa iyo, at *masigasig na* babantayan ako.**

**5:1-2** Ang panalanging ito ay nagsisimula sa tatlong MGA PAUTOS.
1. pakinggan mo ang aking mga salita – BDB 24; KB 27, *Hiphil* PAUTOS
2. isaalang-alang aking mga hinagpis – BDB 106, KB 122, *Qal* PAUTOS ("daing," BDB 211, dito lamang sa Awit 39:3, "nagwawari-wari")
3. dinggin ang tinig ang aking daing – BDB 904, KB 1151, *Hiphil* PAUTOS

Hindi nito kinakatawan ang isang pagkatakot sa bahagi ng salmista na hindi diringgin ng Diyos ngunit Hebreong pagtutulad (paralelismo).

**5:1 "Oh PANGINOON"** Pansinin ang pagtutulad (paralelismo) ng mga titulo.
1. OH PANGINOON (YHWH, cf. Exodo 3:14)
2. aking Hari (ang terminolohiya ay nagmula sa 1 Samuel 8:7, cf. Awit 84:3, ang mga rabbi nang lumaon ay tinawag si YHWH na "ang Hari ng sansinukob")
3. aking Diyos (tingnan ang tala sa ibaba)

Para sa #3 mayroong maraming mga anyo ng ang terminong "Diyos/diyos." Isang mabuting halimbawa ay Deuteronomio 32.
1. vv. 3,15 –אלה (*Eloah*, BDB 42-43, cf. Awit 5:2)
2. vv. 4,18,21 –אל (*El*, BDB 41-42, cf. Awit 5:4)
3. v. 17 –אלהים (*Elohim*, BDB 43-44, cf. Awit 5:10)

Ang lahat ay batay sa *El*, na nagpapakilala kapangyarihan at kalakasan. Sa panulaan, ang lahat ay ginamit nang nagpapalitan.

**5:3** Ang Awit na ito nagpapakilala isang pang-umagang panalangin. Para sa post-exilic na mga Hudyo, mayroong maraming itinakdang oras isang sa isang araw na ang mga panalangin ay inihahandog.
1. sa panahon ng pang-umagang pag-aalay, halos 9 n.u. (maaaring pagkabanggit sa Awit 46:5b)
2. sa tanghali
3. sa panahon ng pang-gabing pag-aalay, halos 3 n.h.

Ang matapat na tagasunod ay binabalangkas ang kanyang araw na nakapalibot sa oras na kasama ang Diyos. Naniniwala siya na narinig at tutugon ang Diyos (i.e., "*masugid* na nagbabantay," v. 3b, BDB 859 I, KB 1044, *Piel* DI-GANAP).

Ang pang-araw-araw na mga pag-aalay sa ang tabernakulo (cf. Exodo 29:38-42), at pagkatapos sa templo, ay nangyayari bawat umaga at gabi. Sila ay tinatawag na "Ang Nagpapatuloy." Ang mga ito ay natatanging panahon upang mapalapit kay YHWH.

▣
**NASB** **"aayusin ko"**
**NKJV** **"ipapatnubay ko"**
**NRSV** **"ipapakiusap ko"**

**TEV** **"iaalay ko"**
**NJB** **"ilalatag ko"**
**LXX** **"idudulog ko"**

Ang PANDIWANG ito (BDB 789, KB 884, *Qal* DI-GANAP) ay may isang malawak na semantikong pagkakagamit ngunit na payak na nangangahulugang "ayusin ang ilang bagay." Dito ito ay maaaring (1) mga salita o (2) pag-aalay.

▣ **"*masigasig na* babantayan"** Ang PANDIWANG ito (BDB 859, KB 1044, *Piel* DI-GANAP) ay nagpapakilala ng inaasahang paghihintay para sa isang bagay, dito para kay YHWH upang tumugon sa panalangin ng salmista (cf. Panaghoy 4:17; Mikas 7:7; Habakkuk 2:1).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:4-7**
**4 Sapagka't ikaw ay di isang Diyos na may kaluguran sa kasamaan;**
**ang masama ay hindi tatahang kasama mo.**
**5 Ang hambog ay hindi tatayo sa iyong paningin;**
**iyong kinapopootan ang lahat na mga manggagawa ng kalikuan.**
**6 Iyong lilipulin sila na nangagsasalita ng mga kabulaanan;**
**kinayayamutan ng PANGINOON ang taong mabangis at mandaraya.**
**7 Nguni't sa ganang akin, sa kasaganaan ng iyong kagandahang-loob**
**ay papasok ako sa iyong bahay,**
**sa takot sa iyo ay sasamba ako sa dako ng iyong banal na templo.**

**5:4-6** Ang salmista ay inilalarawan ang Diyos (*El*, אל, tingnan ang tala sa 5:1).
1. hindi isang Diyos na nagagalak sa kalikuan
2. walang masamang nanananahan (palagiang tahanan) sa Iyo (ang sa aking, ang Santiago 1:17 ay isang teolohikong magkaagapay)
3. Ang hambog ay hindi tatayo sa iyong paningin (cf. Awit 1:5)
4. Iyong kinapopootan ang lahat ng mga manggagawa ng kalikuan
5. Iyong lilipulin sila na nangagsasalita ng mga kabulaanan
6. Kinayayamuta ang taong mabangis at mandaraya

**5:5 "Iyong kinapopootan"** Ito ay nakakagulat sa atin—na si YHWH, ang Manlilikha, ang nagnanais ng pagsasama-sama sa lahat ng mga tao, "ay napopoot" (BDB 971, KB 1338, *Qal* GANAP). Ang Bibliya ay gumagamit ng pantaong mga termino upang ilarawan ang pagka-Diyos. Ito ay palaging nagdudulot ng mga pag-iigting. Tingnan ang ang Natatanging Paksa sa Awit 2:4-6 sa antropomorpismo.

Ang Kanyang pag-ibig para sa kanilang "nilikha sa Kanyang larawan" (cf. Genesis 1:26-27) ay agdudulot ng kasalungat na reaksiyon kapag kanilang panikikitunguhan ang bawat-isa sa mga nakakapinsalang paraan!

**5:7** Sa kaibahan sa di-matapat na tagasunod, nalalaman ng salmista na dahil sa "masaganang kagandahang-loob" ni YHWH (cf. Awit 6:4b), siya ay sasamba sa Kaniya sa ang tabernakulo/templo nang may paggalang.

Ang termino "kagandahang-loob" ay ang paraan ng NASB sa pagsasalin ng makapangyarihang pangkasunduan termino na *hesed* (BDB 338).

**NATATANGING PAKSA: KAGANDAHANG-LOOB (*HESED*)**

Ang salitang ito ay may malawak na semantikong larangan. Ang BDB kinilala ito sa ganitong

paraan (338-339).

A. Ginamit na may kinalaman sa mga tao
   1. kagandahang-loob sa kapwa tao (e.g., I Samuel 20:14; II Cronika 24:22)
   2. kagandahang-loob sa mga mahihirap at nangangailangan (e.g., Mikas 6:8)
   3. pagsinta (cf. Jeremias 2:2; Osea 6:4)
   4. anyo (cf. Isaias 40:6)

B. Ginamit na may kinalaman sa Diyos
   1. Pangkasunduang katapatan at pag-ibig
      a. "sa pagtubos mula sa mga kaaway at sa mga kaguluhan" (e.g., Jeremias 31:3; Ezra 27:28; 9:9)
      b. "sa pagpapanatili ng buhay mula sa kamatayan" (e.g., Job 10:12; Awit 86:13)
      c. "sa pagiging-buhay sa espiritu" (e.g., Awit 119:41,76,88,124,149,150)
      d. "sa pagtubos mula sa kasalanan" (cf. Awit 25:7; 51:3)
      e. "sa pag-iingat ng mga kasunduan" (e.g., II Cronika 6:14; Nehemias 1:5; 9:32)
   2. Naglalarawan ng isang banal na katangian (e.g., Exodo 34:6; Mikas 7:20)
   3. kagandahang-loob (kabutihan) ng Diyos
      a. "masagana" (e.g., Nehemias 9:17; Awit 103:8)
      b. "dakila sa hangganan" (e.g., Exodo 20:6; Deuteronomio 5:10; 7:9)
      c. "walang-hanggan" (e.g., I Cronika 16:34,41; II Cronika 5:13; 7:3,6; 20:21; Ezra 3:11)
   4. Mga gawa ng kabutihan (kagandahang-loob) (e.g., II Cronika 6:42; Awit 89:2; Isaias 55:3; 63:7; Panaghoy 3:22)

▣ **"templo"** Walang templo sa panahon ni David! Ngunit ang katulad na termino (BDB 228) ay ginamit sa 1 Samuel :9 at 3:3 para sa tabernakulo.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:8-10**

**8 Patnubayan mo ako, Oh PANGINOON, sa iyong katuwiran dahil sa aking mga kaaway;**
**patagin mo ang iyong daan sa harapan ko.**
**9 Sapagka't walang pagtatapat sa kanilang bibig;**
**ang kanilang kalooban ay tunay na kasamaan.**
**ang kanilang lalamunan ay bukas na libingan;**
**sila'y nanganunuya ng kanilang dila.**
**10 Bigyan mong sala sila, Oh Diyos;**
**ibuwal mo sila sa kanilang sariling mga payo!**
**palayasin mo sila sa karamihan ng kanilang mga pagsalangsang,**
**Sapagka't sila'y nanganghimagsik laban sa iyo.**

**5:8** Ito ang nilalamang ng panalangin ng salmista na nabanggit sa vv. 1-2.
1. patnubayan (*Qal* PAUTOS) mo ako sa Iyong katuwiran (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5)
2. patagin mo ang iyong daan (*Kethib* ay mayroong *Hiphil*, habang ang *Qere* ay mayroong *Piel* PAUTOS, cf. NET Bible, p. 854, #4) sa harapan ko (ang mga terminong "matuwid" at "patagin" ay magkaugnay sa teolohiya)

**5:9** Ang salmista ay nababahala sa ang mga salita at mga gawa ng kanyang mga kaaway ("mga kaaway," v. 8, BDB 1004).
1. hindi mapagkakatiwalaan/ tunay ang kanilang sinasabi
2. ang kanilang kalooban ay pagkawasak *sa kanyang sarili*

3. ang kanilang lalamunan ay bukas na libingan
4. nanganunuya ng kanilang dila (cf. Awit 12:2)

Sinipi ni Pablo ang talatang ito sa kanyang litanya ng mga teksto sa OT na nagpapakilala ng nalugmok na kalikasan ng sangkatauhan sa taga-Roma 3:10-18 (lalo na ang v. 13).

**5:10** Ang salmista ay humihingi sa Diyos na kumilos laban sa mga kaaway dahil sa kanilang mga salita at mga gawa.

1. bigyan sila ng sala – BDB 79, KB 95, *Hiphil* PAUTOS (ang kasalungat ng pagpapawalang-sala)
2. ibuwal mo sila sa pamamagitan ng kanilang sariling mga payo – BDB 656, KB 709, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
3. palayasin mo sila sa karamihan ng kanilang mga pagsalangsang – BDB 623, KB 673, *Hiphil* PAUTOS (i.e., mula sa personal na presensya at pagsamba kay YHWH, Awit 5:7 o sa pagsubok, Awit 5:5)
4. Sapagka't sila'y nanganghimagsik laban sa iyo – BDB 598, KB 632, *Qal* GANAP

Pansinin ang iba't-ibang mga salita na ginagamit ng salmista upang ilarawan ang kanyang mga kaaway.

1. masama, v. 4
2. hambog, v. 5
3. manggagawa na kalikuan, v. 5
4. nangangsasalita na kabulaanan, v. 6
5. taong mababangis, v. 6
6. taong mandaraya, v. 6
7. mga kaaway (i.e., silang nagsisinungaling), v. 8
8. hindi mapagkakatiwalaan, v. 9
9. ugali ng pagkawasak, v. 9
10. sinungalin, v. 9
11. nagsasalangsang, v. 10
12. naghihimagsik, v. 10

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:11-12**

**[11]Nguni't iyong pagalakin ang lahat na nagsisipagkanlong sa iyo,**
**pahiyawin mo nawa sila sa kagalakan magpakailan man;**
**sapagka't iyong ipinagsasanggalang sila,**
**mangagalak nawa rin sa iyo ang nagsisiibig ng iyong pangalan.**
**[12]Sapagka't iyong pagpapalain ang matuwid; Oh PANGINOON,**
**lilibirin mo siya ng paglingap na gaya ng isang kalasag.**

**5:11-12** Sa pag-iiba sa masasamang kaaway, ang salmista ngayon ay inilalarawan ang matapat na mga tagasunod (i.e., MGA PANGMARAMIHAN, ang panalangin at karanasan ng isa ay naging paglalarawan ng lahat).

1. sila ay nagsisipagkanlong kay YHWH
2. sila ay nagagalak kay YHWH
3. sila ay kumukuha ng sanggalang sa Kanya (Sa aking palagay, ito ay tumutukoy sa isang talinghaga ng babaeng ibon, cf. Ruth 2:12; Awit 17:8; 36:7; 57:1; 61:4; 63:7; 91:1,4; tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba)
4. sila ay nagsisiibig at nagsisigalk sa Kanyang pangalan (tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba)

Sa liwanag nito, si YHWH ay

1. ipinagsasanggalang sila
2. pinagpapala sila
3. pinalilibutan sila bilang isang kalasag (cf. 1 Samuel 23:26)

Ang isa ay maaaring masabi ang pagkakaiba sa pagitan ng isang matapat na tagasunod at isang taksil (walang katapatan) na tagasunod sa pamamagitan ng kanilang bunga (cf. Mateo 7:15- 22)!

**NATATANGING PAKSA: ANINO BILANG TALINGHAGA PARA SA PROTEKSIYON AT PAGKALINGA**

Ang wikain ng "anino" ay karaniwang sa ANE. Pansinin ang mga halimbawa sa Bibliya.

1. wikain ng proteksiyon, Isaias 16:3; 30:2-3; Panaghoy 4:20
2. wikain ng "anino ng kamay," Awit 121:5; Isaias 49:2; 51:16
3. wikain ng "anino ng bubong," Genesis 19:8
4. wikain ng "anino ng natatanging ulap ng Diyos," cf. Exodo 13:21-22; 14:19,20,24; Isaias 4:6; 25:4-5; 32:1-2
5. wikain ng "anino ng pakpak," Awit 17:8; 36:7; 57:1; 61:4; 63:7; 91:1,4 (katulad ng mga talinghaga sa Deuteronomio 32:10-11; Ruth 2:12; Isaias 31:5; Mateo 23:37; Lucas 13:34)
6. wikain ng "anino ng isang puno," Hukom 9:15; Ezekiel 17:23; 31:6,17; Daniel 4:12; Osea 14:7

**NATATANGING PAKSA: "ANG PANGALAN" NI YHWH**

Ang paggamit ng "pangalan" bilang isang kapalait para kay YHWH sa Kanyang sarili ay kahalintulad sa paggamit ngExodo 23:20-33 sa "anghel," na tinatawag na "Ang Aking pangalan ay saKaniya." Ang katulad na kapalit na ito ay maaaring makita sa panggamit ng "Kanyang kaluwalhatian" (e.g., Juan 1:14; 17:22). Ang lahat ay pagtatanggka na palambutin ang personal na na antromorpikong presensiya ni YHWH (cf. Exodo 3:13-16; 6:3). YHWH ay walang alinlangan nagsalita sa isang pantaong mga wika, ngunit gayundin ito, na Siya ay imiiral sa espiritu sa lahat ng yugto ng paglilikha (cf. I Mga Hari 8:27; Mga Awit 139:7-16; Jeremias 23:24; Mga Gawa 7:49 ay sinipi ang Isaias 66:1).

Maraming mga halimbawa ng "pangalan" na kumakatawan sa maka-Diyos diwa at personal na na presensya ni YHWH:

1. Deuteronomio 12:5; II Samuel 7:13; I Mga Hari 9:3; 11:36
2. Deuteronomio 28:58
3. Mga Awit 5:11; 7:17; 9:10; 33:21; 68:4; 91:14; 103:1; 105:3; 145:21
4. Isaias 48:9; 56:6
5. Ezekiel 20:44; 36:21; 39:7
6. Amos 2:7
7. Juan 17:6,11,26

Ang konsepto ng "pagtawag" (i.e., pagsamaba) sa pangalan ni YHWH ay maliwanag na makikita sa Genesis:

1. 4:26, ang linya ni Seth
2. 12:8, Abraham
3. 13:4, Abraham
4. 16:13, Hagar
5. 21:33, Abraham
6. 26:25, Isaac

at sa Exodo:

1. 5:22, magwika sa Kanyang pangalan
2. 9:16, ipakita ang Aking pangalan sa pamamagitan ng lahat ang mundo (cf. Roma 9:17)
3. 20:7, huwag mong babanggitin sa walang kabuluhan ang pangalan ng Panginoon mong Diyos (cf. Levitico 19:12; Deuteronomio 5:11; 6:13; 10:20)
4. 20:24, kung saan idinudulot na ang aking pangalan ay maalala (cf. Deuteronomio 12:5; 26:2)
5. 23:20-21, isang anghel ("dahil ang Aking pangalan ay ay nasa kanya")
6. 34:5-7, Si Moises ay nanawagan (o "tinatawag sa") ang pangalan ng Panginoon. Ito ay isa sa mga kakaunting mga teksto na naglalarawn ng katangian ni YHWH (cf. Nehemias 9:17; Mga Awit 103:8; Joel 2:13).

Ang pagkakakilala sa sinuman sa pamamagitan ng pangalan ay nagpapahiwatig isang malapit na ugnayan (cf. Exodo 33:12), nalalaman ni Moises ang pangalan ni YHWH at sa33:17, nalalaman ni YHWH ang pangalan ni Moises. Ito ay ang konteksto kung saan nais ni Moises na makita ang kaluwalhatian ng Diyos (cf. v. 18), ngunit ang Diyos ay nagpapahintulot sa kaniya na makita ang "Kanyang kabutihan" (v. 19), na kahalintulad sa "pangalan" (v. 19).

Ang mga Israelita ay kailangang wasakin "ang mga pangalan" ng mga diyos ng Canaan (cf. Deuteronomio 12:3) at tumawag sa Kaniya (cf. Deuteronomio 6:13; 10:20; 26:2) sa natatanging pook na Kanyang idinulot na ang Kanyang pangalan ay manahan (cf. Exodo 20:24; Deuteronomio 12:5,11,21; 14:23,24; 16:2,6,11; 26:2).

Si YHWH ay mayroong isang pangkalahatang layunin na nakapaloob sa Kanyang pangalan:

1. Genesis 12:3
2. Exodo 9:16
3. Exodo 19:5-6
4. Deuteronomio 28:10,58
5. Mikas 4:1-5

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang Awit 4 ay itinuturing na isang pang-gabing Awit sa Awit 5 ay isang pang-umagang Awit?
2. Itala ang mga katangian ni YHWH mula sa mga talata 4-6.
3. Ang buhay ng pananampalataya ay inilarawan bilang isang daan/landas/daraanan. Bakit?
4. Ilarawan ang masasama mula sa mga talatang 4-6 at 9-10.

# AWIT 6

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Kahabagan sa Panahon ng Kaguluhan<br><br>Panimula sa MT<br><br>"Para sa Pinunong Mang-aawit; sa instrumentong may kuwerdas; sa walong-kwer-das na lira: Isang Awit ni David | Isang Panalangin ng Pananam palataya sa Panahon ng Pagkabalisa | Panalangin para sa Pagpapa-galing mula sa Malubhang Karamdaman | Isang Panalangin para sa Paghingi ng Tulong mula sa Kaguluhan | Pagsamo sa Panahon ng Pagsubok |
| 6:1-3 | 6:1-3 | 6:1-3 | 6:1-3 | 6:1-3 |
| 6:4-5 | 6:4-5 | 6:4-5 | 6:4-5 | 6:4-5 |
| 6:6-7 | 6:6-7 | 6:6-7 | 6:6-7 | 6:6-8a |
| 6:8-10 | 6:8-10 | 6:8-10 | 6:8-10 | |
| | | | | 6:8b-10 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:1-3**
**1 Oh PANGINOON, huwag mo akong sawayin sa iyong galit,**
**ni parusahan mo man ako sa iyong mahigpit na sama ng loob.**
**2 Maawa ka sa akin, Oh PANGINOON; sapagka't ako'y naluluoy;**
**Oh PANGINOON, pagalingin mo ako; sapagka't ang aking mga buto ay nagsisipangalog.**
**3 Ang akin ding kaluluwa ay nababagabag na mainam;**

**at ikaw, Oh PANGINOON, hanggang kailan?**

**6:1** Mayroong dalawang MGA PAUTOS ginamit bilang MGA PANGKAUTUSAN.

1. sawayin – BDB 406, KB 410, *Hiphil* kabaliktaran, cf. Awit 38:1
2. parusahan – BDB 415, KB 418, *Piel* kabaliktaran

Ito ay isang salmo ng pagsisisi, tulad ng sa Awit 32, 38, 51, 102, 130, at 143. Ang Jewish Study Bible (p. 1289) ay sinabi na ang Awit na ito ng pagsamo ay naging ang liturhikong pang-araw-araw na pang-umagang panalangin ng mga Hudyo.

▣ **"sa iyong galit… sa iyong mahigpit na sama ng loob"** Ang salmo ay hindi sinasabi kung bakit nagagalit si YHWH. Ito ay maaaring nagpapakilala ng teolohiya sa OT ng isang pagsasagawa. Ang salmista ay may mga kaaway, pinahintulutan/pinadala sila ni YHWH (cf. v. 3). Ang mga pangyayari sa buhay ay

1. kaparusahan para sa kasalanan (cf. Awit 41:4)
2. buhay sa isang nalugmok na mundo (cf. Awit 147:3)
3. mga paraan upang mapalakas ang pananampalataya (cf. 1 taga-Corinto 10:13; Hebreo 5:8)

Gayunman, ang isa ay hindi malalaman kung ano ito, kaya magsisi at magkaroon ng pananampalataya!

**6:2-3** Pansinin kung paanong ang "pangangalog" (BDB 96, KB 111, *Niphal* GANAP NA) ay nauugnay sa kapwa

1. aking mga buto (BDB 782), v. 2
2. aking kaluluwa (lit. *nephesh*, BDB 659, cf. v. 4), v. 3 (tingnan ang buong tala sa Awit 3:2)

Kapwa ng mga ito ay paraan sa pagtukoy sa kalooban ng buhay at mga kaisipan ng isang tao. Ang manunulat na ito ay nasa malaking pagkabahala at hindi niya alam kung bakit!

**6:2** Gaya ng paghiling kay YHWH sa talata 1 para sa mga hindi dapat gawin, talata 2 ay humihiling kay YHWH na (gayundin sa tala sa v. 4)

1. maawa ka sa akin – BDB 335, KB 334, *Qal* PAUTOS
2. pagalingin mo ako – BDB 950, KB 1272, *Qal* PAUTOS

Ang PANDIWANG "pagalingin" ay hindi kailangang maiugnay sa isang pisikal na karamdaman (cf. NIDOTTE, tomo 3, p. 1166, c, cf. Isaias 1:5-6), ngunit sa atake ng mga kaaway (cf. vv. 7b, 10). Gayunman, ang talata 2 ay nag-iiwan ng bukas posibilidad sa isang karamdaman. Kung isang karamdaman, bakit nabanggit ang mga kaaway? Ang ilan ay nagsasabi na ang mga kaaway ginawang katawa-tawa ang ang salmista (cf. Awit 102:8) sa kanyang karamdaman. Ang sinaunang mga Israelita ay naniniwala na ang kasalanan at pagkakasakit ay magkaugnay.

**6:3 "hanggang kailan"** Ito ay ang pagtangis ng taong ginawa sa larawan ng Diyos ngunit nabitag sa isang napahamak na isipan, katawan, at mundo (cf. Awit 13:1; 74:10; 90:13)! Bilang mga mananampalataya, tayo ay nagtitiwala sa Diyos, hind sa mga pangyayari, ngunit patuloy tayong nananangis—bakit? Kailan ba ito matatapos?

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:4-5**

**4 Bumalik ka, Oh PANGINOON, palayain mo ang aking kaluluwa;**
**iligtas mo ako alangalang sa iyong kagandahang-loob.**
**5 Sapagka't sa kamatayan ay walang alaala sa iyo;**
**sa Sheol ay sinong mangagpapasalamat sa iyo?**

**6:4** Gaya ng paghingi ng Awit 6:2 kay YHWH na kumilos alang-alang sa salmista (i.e., "mahabag. . .magpagaling"), kaya gayundin sa talata 4.

1. bumalik – BDB 996, KB 1427, *Qal* PAUTOS
2. palayain – BDB 322, KB 321, *Piel* PAUTOS
3. iligtas – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS

Pansinin na ang kadahilanang binigay para sa mga pakiusap ay hindi ang pagkamarapat o kagalingan ng salmista ngunit ang di-nagbabago, mahabaging katangian ng pangkasunduang manlilikha/ manunubos na pagka-Diyos!

Ang isa ay gustong malamang kung ano ang ibig-sabihin ng "bumalik" sa kontekstong ito. Inisip ba ng salmista na si YHWH ay maaaring lumisan o itago ang Kanyang sarili?

▣**"kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7.

**6:5** Ang talatang 5 ay nagbibigay ng papanaw sa OT view ng kabilang-buhay. Ang *Sheol* ay isang lugar ng kamalayan ngunit walang kaligayahan o pagpupuri. Ang buong isyu ng may kamalayang pag-iral na higit sa pisikal na kamatayan ay pinaunlad ng Banal na Kasulatan. Mayroong lamang mga pahiwatig sa OT (cf. Job 14:14-15; 19:25-27; Awit 16:10; 49:15; 86:13; Isaias 25:8; 26:19; Ezekiel 37:12-13; Daniel 12:1-2; Osias 13:14). Ang buong katotohanan ay inihayag sa 1 taga-Corinto 15!

Ang Hebreong *Sheol* (BDB 982) ay tumutukoy sa ang kinalalagyan ng mga patay. Ito ay ipinapakilala sa pamamagitan ng

1. isang madilim, mapanglaw na lugar, Job 10:21-22; Awit 143:3
2. isang lugar na walang babalikan, Job 10:21; 16:22
3. isang lugar na walang pagpuri sa Diyos, Awit 6:5; 30:9; 38:18; 88:10-12; 115:17 (katahimikan, Awit 94:17)
4. isang lugar na hiwalay mula sa Diyos, Awit 88:5; 39:13, bagaman nandoon ang Diyos, Awit 139:8; Kawikaan 15:11!

Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay? sa Awit 1:6.

Pansinin na ang may-akda ay tiyakang binanggit ang kanyang pagkaunawa sa *Sheol*, walang

1. pagkaalala (BDB 271)
2. pagpuri (BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP, cf. Awit 30:9; 88:10-12; Isaias 38:18)

Ang *Tyndale OT Commentary Series* (tomo 15, p. 78) ay nagtala ng paglalarawan na ginamit sa OT para sa *Sheol*.

1. malawak na yungib o kuweba – Ezekiel 32:18-32
2. muog – Awit 9:13; 107:18; Mateo 16:18
3. madilim na kaparangan – Job 10:22
4. isang malaking halimaw na may isang malaking bibig – Isaias 5:14; Jonas 2:2; Habakkuk 2:5

Salamat sa Diyos para sa isang Bagong Tipan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:6-7**

**6 Ako'y pagal ng aking pagdaing;**
**gabigabi ay aking pinalalangoy ang aking higaan,**
**Aking dinidilig ang aking hiligan ng aking mga luha.**
**7 Ang aking mga mata ay nangamumugto dahil sa kapanglawan;**
**tumatanda ako dahil sa aking lahat na kaaway.**

**6:6-7** Ang salmista ay inilalarawan kanyang pisikal at emosyonal na troma na idinulot ng kanyang "mga kaaway" (BDB 865, KB 1058, *Qal* PANDIWARI, "silang nagpapakita ng pagkapoot").

1. pagal na may pagdaing (BDB 58)
2. higaan na basa ng mga luha (hayperboliko)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:8-10**

**[8]Magsilayo kayo sa akin, kayong lahat na manggagawa ng kasamaan,**
**sapagka't narinig ng PANGINOON ang tinig ng aking pagtangis.**
**[9]Narinig ng PANGINOON ang aking pananaing,**
**tatanggapin ng PANGINOON ang aking dalangin.**
**[10]Lahat ng kaaway ko'y mapapahiya, at mababagabag na mainam;**
**sila'y magsisibalik, sila'y mangapapahiyang kagyat.**

**6:8-10** Ang salmista ay dumating sa isang lugar ng kapahingahan sa isip sa kanyang pagtitiwala kay YHWH, who narinig ang kanyang panalangin (cf. Awit 28:6). Ito ay ipinahayag sa tatlong magkaagapay na linya (i.e., Awit 6:8b, 9a, 9b).

Dahil sa pagtanggap ni YHWH ng panalangin, ang mga kaaway

1. ay dapat na magsilayo, v. 8a (cf. Awit 119:115; 139:19)
2. ay mangagpapahiya, v. 10 (cf. Awit 71:13,24)
3. ay mababagapag na mainam , Awit 6:10 (tulad ng PANDIWANG ginamit ng salmista sa Awit 6:2b at 3a)
4. ay magsisibalik, v. 10 (tulad ng PANDIWANG ginamit kay YHWH sa v. 4, ngunit dito maaaring papunta sa *Sheol*, cf. Job 34:15; Awit 9:18; Ecclesiastes 3:20; 5:15; 12:7)
5. ay mangapapahiyang kagyat (katulad na PANDIWA sa v. 10a, cf. Awit 73:19)

Ang bilang 2-5 lahat ay MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan. Ang salmista ay hinahanap ang presensya ni YHWH ngunit ang pagkawala ng kanyang mga kaaway! Kung ano ang kanilang ginawa sa kanya ngayon ay ginawa sa kanila! Ang pampanitikang balangkas na ito (i.e., pagpaliktad) ay karaniwan sa OT. Kung ano ang inaasahan ng mga tao ay kadalasang kasalungat ng kung ano ang dadalhin ni YHWH.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilarawan ang *Sheol* mula sa isang pananaw sa OT.
2. Ipaliwanag kung ano ang ibig-sabihin ng "ikinahiya" sa isang konteksto sa OT.
3. Paano maiuugnay ang galit at poot ni YHWH sa masama at sa matapat na tagasunod?

# AWIT 7

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang PANGINOON ay isinamo upang Ipagtanggol ang Salmista laban sa Makasalanan<br>Panimula sa MT<br>"Isang Shiggaion ni David, kung saan kanyang inawit sa Panginoong tungkol kay Cush na Benjamite" | Panalangin at Parpuri para sa Pagpapalaya mula sa mga Kaaway | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa mga Personal na Kaaway (Isang Panaghoy) | Isang Panalangin para sa Katarungan | Panalangin ng Matutuwid sa gitna ng Pag-uusig |
| 7:1-2 | 7:1-2 | 7:1-2 | 7:1-2 | 7:1-5 |
| 7:3-5 | 7:3-5 | 7:3-5 | 7:3-5 | |
| 7:6-11 | 7:6-8 | 7:6-8 | 7:6-9 | 7:6-8a |
| | | | | 7:8b-9 |
| | 7:9-10 | 7:9-11 | | |
| | | | 7:10-13 | 7:10-12a |
| | 7:11-13 | | | |
| 7:12-16 | | 7:12-16 | | |
| | | | | 7:12b-14 |
| | 7:14-16 | | 7:14-16 | |
| | | | | 7:15-16 |
| 7:17 | 7:17 | 7:17 | 7:17 | 7:17 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:1-2**

**1Oh PANGINOON kong Diyos, sa iyo nanganganlong ako;**
**Iligtas mo ako sa lahat na nagsisihabol sa akin, at palayain mo ako,**
**2Baka lurayin nila na gaya ng leon ang aking kaluluwa,**
**na lurayin ito, habang walang magligtas.**

**7:1 "sa iyo nanganganlong ako"** Ang PANDIWANG ito (BDB 340, KB 337) ay isang *Qal* GANAP, na nagpapakilala isang natapos o naayos na pagkilos. Ang salmista ay naghanap at patuloy na naghahanap ng kalungan (i.e., pagkalinga, pag-aalaga, pagtutustos) kay YHWH.

▣ Ang salmista humihiling sa Diyos na
1. iligtas siya – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS
2. palayain siya – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS

dahil siya ay nakatanggap ng pagkakanlong sa Kaniya (BDB 340, KB 337, *Qal* GANAP NA). Ito ay isang paulit-ulit na paksa, cf. Awit 2:12; 5:11; 7:1; 11:1; 16:1; 17:7; 18:2,30; 25:20; 31:1,19; 34:8,22; 36:7; 37:40; 57:1; 61:4; 64:10; 71:1; 118:8,9; 141:8; 144:2. Si YHWH lamang tunay na lugar ng pagkalinga at pamamahinga!

**7:2** Sa Awit 7:1, ang mga kaaway ng salmista ay tinawag na "silang humahabol sa aking." Sa talata 2 sila ay inilarawan bilang isang mabangis na hayop (cf. Awit 57:4).
1. lurayin – BDB 382, KB 380, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 17:12
2. kaladkarin – BDB 830, KB 973, *Qal* PANDIWARI
3. walang maliligtas – ito ay kasalungat ng v. 1, kung saan ang salmista ay nagsamo para sa pagpapalaya ni YHWH. Walang iba ngunit Diyos lamang!

Ang salmista ay gumagamit ng isang kapansin-pasing mga talinghaga o natatako sa isang malupit na pisikal na pagsalakay ng kanyang mga kaaway.

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA LEON SA OT**

Madalas ang mga indibidwal o mga kapangyarihan ng bansa ay inilarawan na gaya ng isang leon, hari ng mananalakay.

1. Judah, Genesis 49:9; Mikas 5:8
2. YHWH alang-alang sa Israel, Bilang 24:9; Isaias 31:4; 35:9; Osea 11:10
3. Israel bilang ang natalong leon, Ezekiel 19
4. tribu ni Dan, Deutronomio 33:22
5. kapangyarihan ni David laban sa mga leon, I Samuel 17:34-37
7. simbolikong tagapagtanggol ng trono ni Solomon, I Hari 10:19-20
8. ang Diyos ay gumagamit ng mga leon bilang kaparusahan, I Hari 13,20; II Hari 17:25-26; Isaias 15:9; talinghaga sa Job 4:10 at Jeremias 2:30; 49:19,44; Panaghoy 3:10; Amos 3:4,8,12; 5:19; Osea 5:14; 13:7-8; Nahum 2:11-12
9. inilarawan ang mga kaaway ni David mula sa kung sino ang pinalaya ng Diyos, Awit 7:2; 10:9; 17:12; 22:13,21
10. isang talinghaga para sa di-kilalang masama, Kawikaan 22:13; 26:13; 28:15
11. ginamit upang ilarawan ang militar ng Babilonia, Jeremias 4:7; 49:19-22; 51:38

12. ang militar ng mga bansa laban sa bayan ng Diyos, Jeremias 5:6; 25:32-38; 50:17; Joel 1:6
13. paano ang bayan ng Diyos trinato Siya, Jeremias 12:8
14. paano ang mga pinuno ng Diyos trinato ang mga tao, Ezekiel 22:25; Zephanias 3:3
15. talinghaga para sa galit ng hari, Kawikaan 19:12; 20:2
16. talinghaga para sa makadiyos, Kawikaan 28:1;
17. talinghaga para sa Mesias, Genesis 49:9; Pahayag 5:5

Ayon sa pagkakagamit ng #11 at 12 sa Jeremias, ang talinghaga ng Daniel sa militar ng Babilonya na kasing bilis ng gumagalaw na leon ay halata. Ang mga emperyo ng Fertile Crescent ay madalas gumagamit ng mga leon bilang mga simbolo ng bansa (e.g. ang may pakpak na leon sa Isthar Gate na bayan ng Babilonia).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:3-5**

**3 Oh PANGINOON kong Diyos, kung ginawa ko ito,**
**kung may kasamaan sa aking mga kamay,**
**4 Kung ako'y gumanti ng kasamaan sa aking kaibigan,**
**Oo, aking ninakawan ang aking kaibigan na walang dahilan,**
**5 Habulin ng kaaway ang aking kaluluwa, at abutan;**
**Oo, yapakan niya ang aking kaluluwa sa lupa**
**at ilagay ang aking kaluwalhatian sa alabok. Selah.**

**7:3-5** Ang salmista ay nagtakda ng mga ipinagpapalagay na magkaagapay kalagayan.
1. kung ginawa ko ito (ngunit ang "ito" ay hindi tinukoy)
2. kung may kasamaan sa aking mga kamay (i.e., mga pagkilos, tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay sa ibaba)
3. kung ay gumanti ng kasamaan sa aking kaibigan (ito ay maaaring isang kilalang kawikaan, cf. Kawikaan 20:22; 24:29; taga-Roma 12:17)
4. kung aking ninakawan ang king kaibigan na walang dahilan

Kung anuman sa mga bagay na ito ay totoo, ngayon
1. Habulin ng kaaway ang aking kaluluwa – BDB 922, KB 1191, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
2. Abutin ako ng kaaaway ko – BDB 673, KB 727, *Hiphil* PANGKAUTUSAN
3. yapakan niya ang aking kaluluwa sa lupa – BDB 942, KB 1245, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
4. ilagay ang aking kaluwalhatian sa alabok – BDB 1014, KB 1496, *Hiphil* PANGKAUTUSAN ("kaluwalhatian" sa kaunawaan ng pinakadiwa ng buhay ng isang tao, cf. Awit 16:9; 30:12; 57:8; 108:1)

Ito ay isang patulang paraan ng pag-aangkin ng kawalang kasalanan!

**NATATANGING PAKSA: KAMAY (INILARAWAN MULA SA EZEKIEL)**

Ang salitang "kamay" (BDB 388) ay mayroong maraming mga kahulugan at mga pagkakagamit.
1. literal (i.e., kamay ng isang tao)
   a. simbolo ng buong tao, 3:18; 18:8,17; 33:6,8
   b. simbolo kahinaan ng tao, 7:17,27; 21:7; 22:14
   c. simbolo mga banyagang kaaway, 7:21; 11:9; 16:39; 21:31; 23:9,28; 28:10; 30:12; 34:27; 38:12; 39:23

d. literal na kamay, 8:11; 12:7; 16:11; 37:17,19,20

e. simbolo ng kapangyarihan ng mga bulaang pinuno, 13:21,22,23; 34:10

f. simbolo ng isang bansa, 23:31,37,42,45; 25:14; 27:15; 28:9; 30:10,22,24,25; 31:11; 39:3

2. antropomorpiko ng pagka-Diyos
   a. pagtanggap ng kapahayagan, 1:3; 3:14,22; 8:1; 33:22; 37:1; 40:1 (2:9 ay isa pang talinghaga- balumbon isang kamay)
   b. kapangyarihan ni YHWH sa pagtahol, 6:14; 13:9; 14:9,13; 16:27; 20:33; 25:7,13,16; 35:3; 39:21
   c. si YHWH mismo (Kanyang personal na Presensya), 20:22
   d. kapangyarihan ni YHWH na magpalaya, 20:34 (maaaring ang susing paggamit ay mula sa Exodo, cf. 3:20; 4:17; 6:1; 7:19; 13:3)
3. antropomorpiko ng Cherubim, 1:8; 8:3; 10:7,8,12,21
4. antropomorpiko ng mga napangwasak na anghel, 9:1-2; 21:11
5. simbolo ng isang pangako o panunumpa, 17:18; 20:5(dalawang beses),6,15,23,28; 36:7; 44:12; 47:14
6. simbolo ng kaligayahan, 25:6
7. antropomorpiko ng isang anghel, 40:3,5; 47:3

**7:5 "Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VIII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:6-11**

**6 Ikaw ay bumangon, Oh Panginoon, sa iyong galit;**
**magpakataas ka laban sa poot ng aking mga kaaway,**
**at gumising ka dahil sa akin; ikaw ay nag-utos ng kahatulan.**
**7 At ligirin ka ng kapisanan ng mga bayan sa palibot,**
**at sila'y pihitan mong nasa mataas ka.**
**8 Ang PANGINOON ay nangangasiwa ng kahatulan sa mga bayan;**
**iyong hatulan ako, Oh PANGINOON, ayon sa aking katuwiran, at pagtatapat na nasa akin.**
**9 Oh wakasan ang kasamaan ng masama, nguni't itatag mo ang matuwid;**
**sapagka't sinubok ng matuwid na Diyos ang mga pag-iisip at ang mga puso.**
**10 Ang aking kalasag ay sa Diyos,**
**na nagliligtas ng matuwid sa puso.**
**11 Ang Diyos ay matuwid na hukom,**
**Oo, Dios na may pagkagalit araw-araw.**

**7:6-11** Ang salmista ay tumatawag kay YHWH na kumilos para sa kanya.
1. bumangon – BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS (tingnan ang tala sa Awit 3:7). Ang PANDIWANG ito ay maaaring mangahulugang
   a. tumayo at kumilos para sa atin bilang Hukom/Mandirigma
   b. gumising sa ang kaunawaan ng "pagbibigay-pansin at pagkilos" (cf. Awit 44:23)
2. magpakataas ka – BDB 669, KB 724, *Niphal* PAUTOS
3. gumising ka – BDB 734, KB 802, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 35:23; 44:23; 59:4
4. pihitan – BDB 996, KB 1427, *Qal* PAUTOS (o nauunawaan bilang "mananahan," BDB 442, cf. Awit 23:6)
5. hatulan ako – BDB 1047, KB 1622, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 26:1; 35:24; 43:1

Si YHWH ay tinawag na na hayaan ang Kanyang galit laban sa kasalanan na maihayag sa kahatulan. Ang kaisipang ito ay binuod sa v. 7. Ang Hebreo ay may kahirapan.

**JPSOA** "hayaang ang kapisanan ng mga tao ay magtipon sa palibot Mo, na ikaw ay mailuklok sa kataasan"

**NJB** "hayaang ang kapisanan ng mga bansa magtipon sa palibot mo; magbalik sa ibabaw nito sa kaitaasan"

Ang tanong ay "Paanong maiaakma 'ang mga tao' sa kontektong ito ng katarungan para sa isang tao?" Ang salmo bang ito naghahanap ng katarungan laban sa

1. personal na mga kaaway (vv. 6,8)
2. ang paganong mga bansa (Obadia v. 5)

Ang katunayan na ang talata 8 ay nagsisimula sa "Ang PANGINOON ay nangangasiwa ng kahatulan sa mga bayan" ay nagbibigay paniniwala sa opsyon #2, ngunit ito ay nakakagulat sa kontekstong ito.

**7:8 "ayon sa aking katuwiran"** Ang pariralang ito ay dapat na maipaliwanag sa liwanag ng Awit 7:3-5. Ang salmista ay hindi nag-aangkin ng kawalang kasalanan ngunit para hindi niya magawa ang inaakusa sa kanyang gawain!

Pansinin ang mga talata 9, 17 kung saan ang katuwiran ni YHWH ay pinapagtibay. Ang salmista ay ay naghahangad para sa araw na itatakdang tuwiran ng Diyos sa lahat ng mga bagay, mahahayag ang tunay na mga layunin at mga pagkilos ng lahat ng mga tao. Ang Bibliya ay maliwanag na pisikal na sansinukob na ito ay linikha at pinananatili ng isang moral/wastong Diyos. Bawat tao na linikha sa Kanyang larawan ay magbibigay ng isang pagsusulit sa Kaniya sa kaloob/pagkakatiwala ng buhay (cf. Mateo 25:31-46; Pahayag 20:11-15)!

▣ **"katapatan"** Ang terminong ito (BDB 1070) ay nangangahulugang "kawalang-sala," "walang kasalanan" (cf. Awit 25:21; 26:1,11; 41:12; Kawikaan 2:7; 10:9; 19:1; 20:7; 28:6). Ito ay hindi isang pag-aangkin sa kawalang kasalanan ngunit isang pag-aangkin sa isang wagas na isipan/layunin/puso (cf. v. 10b). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 18:20-24.

**7:9 "ang kasamaan ng masama"** Tumutukoy ba ito sa kanilang pinaparatangan ang salmista sa Awit 7:3-5 o sa lahat ng mga tao/mga bansa (cf. Awit 2)?

Ang salmista ay nananawagan sa Diyos na wakasan ang kasamaan (BDB 170, KB 197, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan) at itatag (BDB 465, KB 464, *Polel* DI-GANAP) ang katuwiran (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5).

▣ **"sapagka't sinubok ng matuwid na Diyos ang mga pagiisip at ang mga puso"** Ito ay isang paulit-ulit na paksa (cf. Awit 11:4-5; 17:3; 26:2; 66:10; 139:23; Jeremias 11:20; 17:10; 20:12). Nalalaman ng Diyos ang mga motibo ng puso (BDB 480, sa literal ay mga bato; ang mas mababang laman-loob ay nakikita bilang luklukan ng mga emosyon at moral na katangian).

**7:10-11** Para sa matapat na tagasunod, si YHWH ay isang kalasag (tingnan ang tala sa Awit 3:3), ngunit para sa ang di-matatapat na tagasunod, Siya ay isang "matuwid hukom" (cf. Awit 96:13).

**7:11 "galit"** Ang PANDIWA (BDB 276, KB 277, *Qal* PANDIWARI) ay matatagpuan lamang dito sa Awit. Ito ay matatagpuan nang maraming beses sa Kawikaan (cf. Awit 22:14; 24:24; 25:23).

Ang talatang ito ay inilalarawan ang nagpapatuloy na reaksyon ni YHWH (kapwa *Elohim* at *El* ay ginamit sa talatang ito para sa pagka-Diyos) laban sa kasalanan. Hindi ito ang mundo na ninanais niya/linikha niya na maging. Ang Genesis 3 ay may isang nakakasindak na epekto sa

1. Diyos (cf. Osea 11:1-4,8-9)
2. mga tao (cf. taga-Roma 3:10-18,23)
3. pisikal na linikha (cf. taga-Roma 8:18-23)

Ang kasalanan ay nakaka-epekto sa panahon at kawalang-hanggan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:12-16**

**12 Kung ang tao ay hindi magbalik-loob, kaniyang ihahasa ang kaniyang tabak;**
**kaniyang iniakma ang kaniyang busog, at inihanda.**
**13 Inihanda rin naman niya ang mga kasangkapan ng kamatayan;**
**kaniyang pinapagniningas ang kaniyang mga pana.**
**14 Narito, siya'y nagdaramdam ng kasamaan,**
**Oo, siya'y naglihi ng kasamaan, at nagdala ng kabulaanan.**
**15 Siya'y gumawa ng balon, at hinukay,**
**at nahulog sa hukay na kaniyang ginawa.**
**16 Ang kaniyang gawang masama ay magbabalik sa kaniyang sariling ulo,**
**at ang kaniyang pangdadahas ay babagsak sa kaniyang sariling bunbunan.**

**7:12 "Kung ang tao ay hindi magbalik-loob"** Pansinin ang may pasubaling kasunduan. Pagsinin din na ang pagsisisi, tulad ng pananampalataya, ay panghabang-buhay! Tingnan ang Natatanging mga Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: PAGSISISI SA LUMANG TIPAN**

Ang konseptong ito ay napakahalaga ngunit napakahirap na bigyan kahulugan. Karamihan sa atin ay may paliwanag na nagmumula sa ating denominasyonal na kaanib. Gayunpaman, madalas ang "nakatakda" teolohikal na paliwanag ay inaaatas sa ilang mga Hebreong (at Griyego) mga salitan hindi partikular na nagpapahiwatig na "nakatakdang" kahulugan. Dapat na tandaan na ang mga may-akda ng NT (maliban kay Lucas) ay mga Hebreong mang-iisip na gumagamit ng Koine Griyegong mga termino, kaya ang lugar na pagsisimulan ay ang mga Hebreong termino mismo, kung saan may dalawang mga pangunahin.

1. *nhm* (BDB 636, KB 688)
2. *swb* (BDB 996, KB 1427)

Ang una, *nhm*, na sa orihihnal ay tila nangahulugan na humugot ng malalim na buntong hininga, ay ginamit sa ilang mga pakahulugan.

a. "pahinga" o "ginhawa" (e.g., Genesis 5:29; 24:67; 27:42; 37:35; 38:12; 50:12; madalas ginamit sa mga pangalan, cf. II Hari 15:14; I Cronica 4:19; Nehemias 1:1; 7:7; Nahum 1:1)
b. "pighati" (e.g., Genesis 6:6,7)
c. "binagong isip" (e.g., Exodo 13:17; 32:12,14; Bilang 23:19)
d. "pagkahabag" (e.g., Deutronomio 32:36)

Pansinin na ang lahat ng mga ito ay nagsasangkot ng malalim na emosyon! Narito ang susi: malalim na damdamin na nagdudulot ng aksyon. Ang pagbabagong ito ng aksyon ay madalas na ibinibigay sa ibang mga tao, ngunit ibinibigay din sa Diyos. Ang pagbabago ng saloobin na ito at aksyon tungo sa Diyos na naghahawa sa terminong ito na lubhang may teolohikal na kahalagahan. Ngunit dito ang pag-iingat ay dapat na isinasagawa. Ang Diyos ay sinasabi na "nagsisi" (cf. Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:11,35; Awit 106:45),ngunit hindi ito nagreresulta mula sa kalumbayan sa kasalanan o pagkakamali, ngunit isang pampanitikang paraan ng pagpapakita ng Diyos ng pagkahabag at pag-aaruga (cf. Bilang 23:19; I Samuel 15:29; Awit 110:4; Jeremias 4:27-28; Ezekiel24:14). Ang nararapat na kaparusahan para sa kasalanan at rebelyon ay pinatawad kung ang nagkasala ay tunay na tumalikod sa kanyang kasalanan at bumalik sa Diyos.

Ang terminong ito ay may malawak na semantikong larangan. Ang konteksto ay napakahalaga sa pagpapasiya ng ginustong kahulugan.

Ang ikalawang termino, *swb*, ay ibig sabihin "lumiko" (lumiko mula, lumiko pabalik, lumiko sa).

Kung ito ay totoo na ang dalawang kinakailangan para sa tipan ay mga "pagsisisi" at "pananampalataya" (e.g., Mateo 3:2; 4:17; Marcos 1:4,15; 2:17; Lucas 3:3,8; 5:32; 13:3,5; 15:7; 17:3), magkagayon ang *nhm* ay tumutukoy sa matinding mga damdamin ng pagkikilala sa kasalanan ng isa at paglayo sa mga ito, habang ang *swb* ay maaring tumukoy sa pagtalikud sa kasalanan at pagharap sa Diyos (isang halimbawa ay yaong dalawang mga espiritwal na mga aksyon ni Amos 4:6-11, " hindi ka bumalik sa Akin" [limang beses] at Amos 5:4,6,14, "hanapin mo Ako. . .hanapin mo ang Panginoon. . .hanapin mo ang kabutihan hind ang kasamaan").

Ang unang dakilang halimbawa ng kapangyarihan ng pagsisisi ay ang kasalanan ni David kay Bathsheba (cf. II Samuel 12; Awit 32, 51). Mayroong mga nagpapatuloy na konsekuwensiya para kay David, sa kanyang pamilya, ngunit si David ay pinanumbalik sa pakikisama sa Diyos! Maging ang masamang si Manasseh ay maaring magsisisi at patawarin (cf. II Cronica 33:12-13). Parehong mga terminong ito ay ginamit na kahanay sa Awit 90:13. Mayroon dapat pagkilala sa kasalanan at isang puno ng layunin, personal na pagtalikod mula dito, at gayundin ang pagnanasang hanapin ang Diyos at Kanyang katuwiran (cf. Isaias 1:16-20). Ang pagsisisi ay may kognitibong aspeto, isang personal na aspeto, at isang moral na aspeto. Lahat ng tatlo ay kinakailangan, kapwa upang magsimula ng isang bagong relasyon sa Diyos at upang mapanatili ang bagong relasyon. Ang malalim na emosyon ng pagdadalamhati ay magiging nananatiling debosyon sa Diyos at para sa Diyos!

**NATATANGING PAKSA: PAGTITIS**

Ang biblikal na aral na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan. Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

A. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?
B. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?
C. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang paksa ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa ay tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

A. mga talata sa katiyakan
   1. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
   2. mga pahayag ni Pablo (taga-Roma 8:35-39; taga-Efeso 1:13; 2:5,8-9; taga-Filipos 1:6; 2:13; II taga-Thesolonica 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
   3. mga pahayag ni Pedro (I Pedro 1:4-5)
B. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
   1. mga pahayag ni Hesus (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag 2:7,17,26; 3:5,12,21)
   2. mga pahayag ni Pablo (taga-Roma 11:22; I taga-Corinto 15:2; II taga-Corinto 13:5; taga-Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; taga-Filipos 2:12; 3:18-20; taga-Colosas 1:23)
   3. mga pahayag ng mak-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
   4. mga pahayag ni Juan (I Juan 2:6; II Juan 9)
   5. mga pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan

na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *adyenda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan at mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic,* tingnan sa

1. Dale Moody, *The Word of Truth,* Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. Howard Marshall, *Kept by the Kapangyarihan of God*, Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life in the Son*, Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang? Mayroon makasaysayang teolohikal na kontrobersiya na nagsasangkot kay Augustine laban kay Pelagius at Calvin laban kay Arminius (semi-Pelagian). Ang isyu ay patungkol sa katanungan ng kaligtasan: kung ang isa ay tunay naligtas, dapat ba siyang magpatuloy sa pananampalataya at pamumunga?

Ang mga Calvinists Ay inihanay yaong mga biblikal na mga teksto na naninindigan na ang dakilang kapangyarihan ng Diyos at nagpapanatiling kapangyarihan (Juan 10:27-30; taga-Roma 8:31-39; I Juan 5:13,18; I Pedro 1:3-5) at PANDIWANG PAMANAHON gaya ng GANAP BALINTIYAK PANDIWARI ng Efeso 2:5,8.

Ang mga Arminians ay inihanay yaong mga biblikal na teksto na nagbibigay babala sa mga mananampalataya na "kumapit," "makatagal," o "magpatuloy" (Mateo 10:22; 24:9-13; Marcos 13:13; Juan 15:4-6; I taga-Corinto 15:2; taga-Galacia 6:9; Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7). Ako ay personal na hindi naniniwala na ang Hebreo 6 at 10 magagamit, ngunit marami sa mga Arminians ginagamit ang mga ito bilang babala laban sa apostasya. Ang parabula ng Tagahasik sa Mateo 13 at Marcos 4 ay tumatalakay sa isyu ng kunyaring paniniwala, gaya ng sa Juan 8:31-59. Sa pagsipi ng Calvinists sa GANAP NA PAMANAHONG PANDIWA ginamit upang ilarawan ang kaligtasan, ang mga Arminians binanggit ang PANGKASALUKUYANG PAMANAHON mga sipi gaya ng sa I taga-Corinto 1:18; 15:2; II taga-Corinto 2:15.

Ito ay isang perpektong halimbawa kung paano ang teolohikal na sistema ay inabuso ang pruwebang-tekstong pamamaraan ng pagbibigay kahulugan. Kadalasan isang gabay na prinsipyo o pangunahing teksto ang ginamit upang gumawa ng isang teolohikal na grid na kung saan lahat ng iba pang teksto ay tinignan. Maging maingat sa mga grids na mula sa ibang pinagmulan. Sila ay nagmula sa kanluraning lohiko, hinid kapahayagan. Ang Bibliya ay isang silanganing aklat. Ito ay nagpapakita ng mga katotohanan sa puno ng tensyon, parang mga kabalintunaang mga pares. Ang mga Kristyano ay dapat na maniwala sa pareho at mamuhay sa loob ng tensyon. Ang NT ay nagpapakita ng parehong seguridad ng mananampalataya at ang paghahangad ng nagpapatuloy na pananampalataya at pagkamakadiyos. Ang Kristyanismo ay isang pasimulang pagtugon ng pagsisisi at pananampalataya. Ang kaligtasan ay hindi produkto ( isang tiket sa langit o isang polisiyang pansiguro laban sa sunog), ngunit isang pakikipagrelasyon. Ito ay isang desisyon at pagdedesipulo. Ito ay inilarawan sa NT sa lahat ng PANDIWANG PAMANAHON:

AORIST (natapos na aksyon), Gawa 15:11; taga-Roma 8:24; II Timoteo 1:9; Tito 3:5
GANAP (natapos na aksyon na may nagpapatuloy na resulta), taga-Efeso 2:5,8
PANGKASALUKUYAN (nagpapatuloy na aksyon), I taga-Corinto 1:18; 15:2; II taga-Corinto 2:15
PANGHINAHARAP (panghinaharap na pangyayari o tiyak na mangyayari), taga-Roma 5:8,10;

10:9; I taga-Corinto 3:15; taga-Filipos 1:28; I taga-Thesalonica 5:8-9; Hebreo 1:14; 9:28

**7:12-13** Ang mga reaksyon ng Diyos sa mga di-nagsising tao ay (cf. Deuteronomio 32:34-43)

1. kaniyang ihahasa ang kaniyang tabak (cf. Awit 17:13)
2. kaniyang iniakma ang kaniyang busog (cf. Zacarias 9:13)
3. Inihanda niya ang mga kasangkapan ng kamatayan
4. kaniyang pinapagniningas ang kaniyang mga pana (cf. Awit 38:2)

Ang terminolohiyang ito ay nauugnay sa digmaan. Ito ay nagdudulot na itaguyod ang talata 7 na nagpapahayag sa mga bansa, hindi lamang sa mga di-matatapat na Israelita.

**7:14-16** Ang mga talatang ito, gayunman, ay tila maiuugnay sa personal, hindi pambansang, mga kaaway.

1. siya'y nagdaramdam ng kasamaan (tingnan ang tala sa ibaba)
2. siya'y naglihi ng kasamaan (cf. Job 15:35; Isaias 59:4)
3. siya'y nagdala ng kabulaanan
4. Siya'y gumawa ng balon, Awit 7:15a

(ang mga ito tila pinagsasama ang mga talinghaga mula sa panganganak at pangangaso)

Ngunit pansinin ang pagbaliktad (cf. Kawikaan 26:27; 28:10; Ecclesiastes 10:8).

1. nahulog sa hukay na kaniyang ginawa, Awit 7:15b; 57:6
2. ang kaniyang gawang masama ay magbabalik sa kaniyang sariling ulo, Awit 7:16a,b

**7:14**
**NASB, NKJV** **"kasamaan"**
**NRSV, JPSOA** **"pagkakasala"**
**NJB** **"masamang hangarin"**
**REB** **"kalikuan"**

Walang katambal na PANDIWA para sa PANGNGALANG (BDB 19) ito. Walang kaugnay sa salitang-ugat na ito Semitikong mga wika. Ito ay matatagpuan sa patulang mga talata sa Awit, Job, at Kawikaan.

Ito ay maaaring nanggaling sa isang salitang-ugat na nagpapakilala "kapangyarihan" o "isang pag-abuso ng kapangyarihan" (NIDOTTE, tomo 1, p. 310). Ito ay kinapopootan ni YHWH (cf. Awit 5:5; 11:5). Nagpapakilala ito ng di-kanais-nais na pangkasunduang pag-uugali sa

1. pagsamba (cf. Isaias 1:13; Zacarias 10:2)
2. pulitika (cf. Isaias 31:2)
3. mga hukuman (cf. Isaias 10:1; 29:20)
4. digmaan (Awit 56:7)

Ang terminong ito ay nagpapakilala ng isang puso na may isang palagiang kalooban laban sa Diyos at Kanyang mga tao.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:17**
**17 Ako'y magpapasalamat sa Panginoon, ayon sa kaniyang katuwiran**
**at aawit ng pagpupuri sa pangalan ng PANGINOON na Kataas-taasan.**

**7:17 "Ako'y magpapasalamat. . . aawit ng pagpupuri"** Ang mga ito ay kapwa MGA PANG-PANGKAT (mga pangako).

1. magpapasalamat – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
2. aawit ng pagpupuri – BDB 274, KB 273, *Piel* PANG-PANGKAT

Ang NIDOTTE, tomo 2, p. 406, #3, ay nagmumungkahi na ang "mga handog pasasalamat" ay

sinasamahan ng mga salitang pagpapahayag ng pasasalamat (i.e., mga awit, cf. Awit 107:22; 116:17; Jonas 2:9). Ang mga panalangin ng panaghoy ay kadalasang kinapapalooban ng pasasalamat at pagpuri (cf. Awit 35:18; 43:4; 54:6; 56:12; 57:9; 69:30; 71:22; 109:30; 140:13; 142:7).

▣ **"ang pangalan ng PANGINOON"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12.

▣ **"Kataas-taasan"** Ang Hebreong pangalan, *Elyon* (BDB 751 II) ay ginamit kadalasang sa Awit bilang isang titulo para kay YHWH (cf. Genesis 14:19; Bilang 24:16; Deuteronomio 32:8; Awit 9:2; 18:13; 21:7; 46:4; 47:2, at maraming pang iba.). Ito ay nagmula sa salitang "mataas" o "mas ibabaw" (BDB 751 I). Ito ay maiuugnay kay YHWH sa 47:2, kung saan ito ay magkaagapay sa "isang dakilan Hari sa lahat ng mundo." Sa Awit 9:2 at 92:1 ang katulad na parirala sa Awit 7:17 ay inulit.

Ito ay ang titulo ng mataas na diyos ng Canaaneong pantheon. Maaaring kinuha ng Israel ang pangalang ito (gaya ng kanilang ginawa sa mga pangalan ng mga diyus-diyosan ng Babilonya at Persya) bilang isang paraan ng pagpapahayag na ang kanilang Diyos lamang ang tunay na Diyos! Tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang teolohikong kaibahan sa pagitan ng "YHWH" at "*Elohim*"?
2. Ano ang mga kaaway ng salmista na nagpaparatang sa kaniya sa mga talata 3-4?
3. Ano ang kahulugan ng pahayag na ito, "Sinusubok ng Diyos ang mga pag-iisip at mga puso"?
4. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng ang Hebreong salitang "pagbabalik-loob" at ang Griyego terminong "pagsisisi."
5. Ipaliwanag ang pampanitikang konsepto ng "pagkabaliktad." Bakit ito madalas matagpuan sa Bibliya?

# AWIT 8

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kaluwalhatian ng PANGINOON at Dangal ng Tao | Ang Kaluwalhatian ng PANGINOON sa Paglilikha | Imnong Nagdiriwang ng Kaluwalhatian ng Diyos at ang Dangal ng Ipinagkaloob ng Diyos sa mga Tao | Ang Kaluwalhatian ng Diyos at Dangal ng Tao | Ang Kapangyarihan ng Pangalan ng Diyos |
| Panimula sa MT<br>"Para sa Pinunong Mang-aawit; sa Gittith."<br>Isang Awit ni David" | | | | |
| | 8:1 | 8:1a | 8:1-2 | 8:1a |
| 8:1-2 | | 8:1b-2 | | 8:1b-2 |
| | 8:2 | | | |
| 8:3-8 | 8:3-5 | 8:3-4 | 8:3-4 | 8:3-4 |
| | | 8:5-8 | 8:5-8 | 8:5-6 |
| | 8:6-8 | | | |
| | | | | 8:7-8 |
| 8:9 | 8:9 | 8:9 | 8:9 | 8:9 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:1-2**
**1 Oh PANGINOON, ating Panginoon,**
**pagkarilag ng iyong pangalan sa buong lupa,**

**na siyang naglagay ng inyong kaluwalhatian sa mga langit!**
**[2]Mula sa bibig ng mga sanggol at ng mga sumususo ay iyong itinatag ang kalakasan dahil sa iyong mga kaaway,**
**upang iyong patahimikin ang kaaway at ang manghihiganti.**

**8:1 "Oh PANGINOON, ating Panginoon"** Ito ay isang pagsasama ng

1. YHWH – ang pangkasunduan pangalan (BDB 217) para sa Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1)
2. *Adon* – ang terminong (BDB 10) nangangahulugang "may-ari," "asawang lalaki," "amo," o "panginoon." Dito, ito ay PANGMARAMIHAN. Sa ibang dako, ang titulong ito ay ginamit sa Awit ito ay PANG-ISAHAN (cf. Awit 45:12; 57:5; 105:21; 110:1; 114:7, maliban sa 136:3, kung saan ang KAYARIANG "PANGINOON ng mga Panginoon" ay ginamit. Ito, ngayon, ay dapat na maging isang halimbawa ng "PANGMARAMIHAN MAHARLIKA."

Ginamit nito ito dito nang magsama sa isang Diyos, ngunit sa Awit 110:1 sila ay ginamit nangkahiwala si YHWH at Kanyang Mesias (cf. Mateo 22:44; Marcos 12:36; Lucas 20:42,43; Mga Gawa 2:34,35; Hebreo 1:13).

Pansinin din na sa mga saling Ingles, ang dalawang mga termino ay makikilala sa pamamagitan ng pagsulat sa malaking titik.
YHWH = PANGINOON
*Adon* = Panginoon

▣
**NASB, NRSV,**
**NJB, JPSOA "pagkarilag"**
**NKJV "pagkagaling"**
**TEV "pagkadakila"**
**REB "pagkaluwalhati"**
**NET Bible "pagkamaringal"**

Ang Hebreong PANG-URI (BDB 12) ay ginamit sa mga bagay, mga taong, at Diyos. Kapag ginamit sa Diyos, ito ay isang pagtatangka na ilarawan ang Kanyang hindi kayang maunawaang kamaharlikahan (cf. Awit 76:4; 93:4).

Ang PANGNGALANG anyo (walang PANDIWA) ay palaging ginagamit sa pananamit.

1. ang buhok ni Essau ay tulad ng isang mabuhok na balabal – Genesis 25:25
2. mamahaling balabal na ninakaw mula sa Jericho sa pamamagitan ng Achan – Josue 7:21,24
3. balabal ni Elias (sagisag ng pagpapalakas ni YHWH) – 1 Hari 19:13,19; 2 Hari 2:8,13,14
4. isang mabuhok na balabal ng propeta (isang sagisag ng kanyang tungkulin bilang propeta) – Zacarias 13:4

Ito rin ay nangangahulugang

1. kaluwalhatian – Zacarias 11:3
2. marangal – Ezekiel 17:8

Ang pariralang ito ay maaaring maiugnay ng paksa (kalagayan ng Diyos sa paglalang) at ang PANGNGALANG "pagkarilag" (kasuotan) sa Isaias 6:1-4.

▣ **"pangalan"** Ito ay kumakatawan kay YHWH sa Kanyang sarili. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pangalan ni YHWH sa Awit 5:11-12.

▣ **"sa buong lupa"** ito ay tumutukoy sa buong paglalang (cf. Awit 104; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2). Si YHWH ay ang tanging tunay na manlilikha, manunubos na Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7).

▣ **"na siyang naglagay ng inyong kaluwalhatian sa mga langit"** Mayroong maraming mga isyu sa Hebreong teksto ng pariralang ito.

1. Ang MT ay may isang PAUTOS ng PANDIWA "ibigay" (BDB 678, KB 733, *Qal* PAUTOS), "itakda ang Iyong kaluwalhatian sa mga langit" (tingnan ang Natatanging Paksa: Kalangitan sa Awit 2:4).
2. Ang UBS Text Project (p. 169, tingnan ang NIV) binago ito sa isang PAWATAS NA ng katulad na PANDIWA, "Ikaw ang nagtatakda ng Iyong kaluwalhatian sa ibabaw ng mga langit" (ang UBS ay binibigyan ng antas ang pagbabago bilang "D," i.e., "lubhang may alinlangan").
3. Ang NET Bible tinanggap ito bilang GANAP O DI-GANAP anyo, "Ikaw na naglagay ng Iyong Kaluwalhatian sa mga langit" (p. 857).
4. Ang Anchor Bible (tomo 16, p. 45) tinanggap ito bilang "Aking sasambahin ang Iyong kaluwalhatian sa ibabaw ng mga langit, " sa pamamagitan ng pag-uugnay ng PANDIWA sa Ugaritikong mga paggamit.
5. UBS Handbook sa Awit (pp. 78-79, cf. REB) ay isinatitig ito sa "sabihin" o "purihin," "na ang kaluwalhatian ay sinambit/pinapurihan sa ibabaw ng mga langit" (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Langit sa Awit 2:4).

Isa lamang personal na tala, gusto ko ang Awit na ito at ang kantang "Ang Kamarhalikahan at Kaluwalhatian ng Iyong Pangalan." Nararamdaman ko ang presensya ng Diyos sa isang napakagandang paraan kapag aking naiisip ang mensaheng ito tungkol sa ang hindi kayang maunawaang kamarhalikahan ng ating Diyos. Hindi ko nais ang isang isyung pang-akademiko ang magtanggal nito mula sa ganitong mensahe ng pagsamba. Ngunit sa katulad na pagkakatoon, nais kong maging tunay sa mensahe ng kinasihang may-akda! Tulungan nawa tayo ng Espiritu ng Diyos na makilala Siya, maipangaral Siya, at mabuhay sa liwanag ng Kanyang presensya!

▣ **"sa mga langit"** Ito ay maaaring nauunawaan sa maraming paraan.

1. ang buong talata ay pagpupuri sa Diyos ng linikha
2. ang papupuri sa Diyos ay nakarating na kasingtaas ng mga langit
3. ang paglalang ay nagsasabi/ naghahayag ng kaluwalhatian/pagkamaharlika ng kanyang Manlalalang (i.e., ang himpapawid sa gabi, Awit 8:3)

Tingnan ang Natatanging mga Paksa: "Kalangitan" at "Mga Langit at ang Ikatlong Langit" sa Awit 2:4.

**8:2 "Mula sa bibig ng mga sanggol at ng mga sumususo"** Ito ay maliwanag na *hayperboliko*. Ang mga sangol ay hindi nakakapagsalita, ngunit ang kanilang mismong presensya ay nagpapakita ng kaluwalhatian at pagkamaharlika ng Diyos at ng Kanyang linikha. Ito ang natural na kapahayagan ng Awit 19:1-6. Sa pamamagitan ng mga bagay na linikha, ang Diyos ay nakilala (cf. taga-Roma 1:19-20; 2:14-16).

Ang talatang ito na mula sa LXX ay sinipi ni Hesus sa mga Fariseo na pinapanood ang Kanyang "Matagumpay na Pagpasok" sa Herusalem sa Mateo 21:16.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, JPSOA** | **"iyong itinatag ang kalakasan"** |
| **NKJV** | **"iyong inatasan ang kalakasan"** |
| **NRSV, REB** | **"iyong sinimula ang isang kuta"** |
| **NJB** | **"Ginawa mo siya ang isang tanggulan"** |

Ang PANDIWA (BDB 413, KB 417, *Piel* GANAP, cf. Awit 89:11, *Qal* GANAP) ay nangangahulugang "itatag" (cf. 1 Cronica 9:22) o "pasimulan" (cf. Josue 6:26; 1 Hari 16:34; Ezra 3:10; Isaias 14:32; 28:16).

Ang salitang "kalakasan" (BDB 738) ay karaniwang nangangahulugang "kalakasan," ngunit sa konteksto, ito ay tumutukoy sa "isang kuta para sa pagtatanggol."

Mayroong isang paglalaro ng salita sa pagitan ng "mga sumususong sangol" (BDB 413) at

"pagtatatag" (BDB 413).

Si YHWH, ang Manlilikha, ay naihayag sa kalangitan at mga munting bata. Ang lahat ng linikha ay isinisigaw ang Kanyang presensya at layunin!

Ang eksaktong kahulugan ng talatang ito ay di-tiyak, ngunit tila ang mga munting bata na naghahayag ng pagkamaharlika ng Diyos ay nasa ilalim ng pagsalakay at ang Diyos ang magtatanggol at manganganlong sa kanila, gaya ng Kaniyang ginagawa sa lahat ng naghahayag sa Kanyang mga katotohanan!

**8:2b** Pansinin ang MGA PANDIWARI na nagpapahayag ng mga masamang katunggali.

1. mga kaaway – BDB 865 II, KB 1058, *Qal* PANDIWARI
2. kaaway – BDB 33, KB 38, *Qal* PANDIWARI
3. mapaghiganti – BDB 667, KB 721, *Hithpael* PANDIWARI

Tingnan ang buong tala sa mga pangalan ng mga kaaway ng salmista sa Awit 1:5 at 5:10.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:3-8**

**3Pagka binubulay ko ang iyong mga langit, ang gawa ng iyong mga daliri,**
**ang buwan at ang mga bituin na iyong inayos;**
**4Ano ang tao upang iyong alalahanin siya,**
**At ang anak ng tao, upang iyong dalawin siya?**
**5Sapagka't iyong ginawa siyang kaunting mababa lamang kay sa Diyos,**
**at pinaputungan mo siya ng kaluwalhatian at karangalan!**
**6Iyong pinapagtataglay siya ng kapangyarihan sa mga gawa ng iyong mga kamay;**
**iyong inilagay ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kaniyang mga paa,**
**7Lahat na tupa at baka,**
**Oo, at ang mga hayop sa parang,**
**8Ang mga ibon sa himpapawid, at ang mga isda sa dagat,**
**anomang nagdaraan sa mga kalaliman ng mga dagat.**

**8:3** Ang talatang ito ay ipinapahayag ng pagkamangha ng mga tao habang kanilang pinagmamasdan ang himpapawid sa gabi. Para sa maraming ANE, ito ay isang pinanggalingan ng pamahiin at takot. Ngunit para sa ang mga Israelita, ito ay ang tolda ni YHWH (cf. Genesis 1:14-19).

Ang PANDIWANG "inayos" (BDB 465, KB 464, *Polel* GANAP NA) ay ginamit din sa paglilikha ng Diyos sa Awit 24:2; 119:90. Ang susunod na talata ay tumutuon sa paglilikha ng Diyos sa mga tao (cf. Deuteronomio 32:6). Ang linikha, ang napakagantang linikha, ay may isang layunin—isang simulain para sa Diyos at sangkatauhan na magsasama-sama (tingnan ang buong tala sa sa Awit 2:8). Bawat bagay sa Bibliya sa pagitan ng Genesis 3 at Pahayag 20 ay pagpapanumbalik ng Diyos ng pagsasama-samang nawala sa Eden. Ito ay hindi aksidente na ang Genesis 1-2 ay kaagapay ng Pahayag 21-22!

▣ **"ang gawa ng iyong mga daliri"** Ito ay antropomorpikong wika. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:4-6.

Aking pinapayo na basahin si John H. Walton, *ANE Thought and the OT*, kabanata 7, "Cosmic Geography," pp. 165-178, bilang isang paraan na sanayin ang makabagong mambabasa sa pangmundong pananaw ng ANE, lubhang naiiba sa atin!

Ang pagsamba sa araw at buwan ay karaniwang sa ANE. Genesis 1 ay isang polemiko laban sa pagsambang astral ng Babilonya, gaya ng mga salot sa Ehipto na isang polemiko laban sa mga diyos ng kalikasan ng Ehipto.

Ang Diyos ang naglalang mga bagay sa kalawakan (cf. Genesis 1:14-19) at namamahala sa kanila.

**NATATANGING PAKSA: PAGSAMBA SA BUWAN**

Ang pagsamba sa buwan ay ang pinakamalaganap na mitolohiya ng Ancient Near East na nagsimula sa *Sumer*. Mayroong kapwa isang lalaki at babaeng aspeto sa katha (mito). Sa orihinal, ang ang diyos ng buwan ay nanggalin sa paggahasa ng diyos ng binhi, *Ninlil* ni *Enlil*, ang diyos ng himpapawid. *Si Enlil* ay itinapon sa labas ng pantheon at isinumpa sa kailaliman dahil sa kanyang ginawa, ngunit nang natagpuanin *Ninlil* na siya ay nabuntis, siya ay sumama sa kaniya. Ang bata, *Sin*, ay pinahintulutan na umakyat sa himpapawid gabi-gabi.

Ang pagsamba sa buwan ay may pinag-uukula sa iba't-ibang mga anyo nito.

1. bagong buwan – *Asimbabbar*
2. kasuklay na buwan – *Sin*
3. buong buwan – *Nanaa* (Summeriong "pagtatanglaw" mula kay *En-su*, "panginoon ng karunungan")

Ang mga pangalang ito sa karaniwang ay nangangahulugang "marunong na panginoon" (i.e., *Suen*) o "pagtatanglaw" (*Nanaa*), na sinasamba sa Ur ng mga Chaldeo. Ang lungsod mismo ay kadalasang tinawag na lungsod ng Nannar. Ang tambalan ng pagpapayabong ay sinasamba sa mga Ziggurat (malaking mga piramide na may patag na mga taas) na makikita sa lungsod. Ang diyos ng araw (*Shamash*) ay ang panganay ng magkapareha at pagkatapos, si *Ereshkigal* (ang Reyna ng Kailalaman ng mundo) at I Nanna *(ang Reyna ng Langit/himpapawid*).

Ang kulto ay lumaganap sa ANE, ngunit ang mga pangunahing sentro ng pagsamba ay

1. Ur
2. Haran
3. Tema
4. Canaan
5. Mecca

Sa panimula, ang mitolohiyang ito ay pinaghahalo ang pagpapayabong na may pagbibigay-diin sa pang-astral na pagsamba.

Ang OT ay itinatanggi ang pang-astral na pagsamba (cf. Deuteronomio 4:19; 17:3; 2 Hari 21:3,5; 23:5; Jeremias 8:2; 19:13; Zephanias 1:5) at pagpapayabong na pagsamba (i.e., *Ba'al* at *Asherah*, Ugarit na mga tula). Ang mga Hebreo, na sa orihinal ay mga lagalag, ay napakaingat na tutulad ang pagsamba sa buwan dahil sa ang pangkalahatang pagsamba sa buwan ay katangian ng mga lagalag na tao na naglalakbay sa gabi, habang ang araw ay mas higit na sinasamba ng mga palagian o pang-agrikulturang mga tao. Nang lumaon, ang mga nomad o lagalag ay namalagi at ngayon, ang pang-astral na pagsamba sa pangkalahatang ay naging suliranin.

**8:4** Pansinin ang magkasingkahulugang pagtutulad (paralelismo) sa pagitan ng ang dalawang linya ng panulaan at lalo na ang "tao" (BDB 60, *enosh*, cf. Awit 9:20, pansinin din ang Awit 103:14) at "anak ng tao" (BDB 119 KAYARIAN BDB 9, "anak ng tao," "*ben Adan*," cf. Awit 144:3).

Ang unang termino, *enosh*, ay mayroong dalawang kahulugan.

1. BDB 60 I – mahina, may sakit, marupok (mula sa Hebreong PANDIWA; *Niphal*, 2 Samuel 12:15; *Qal* BALINTIYAK NA, Isaias 17:11; Jeremias 15:18; 17:9)
2. BDB 60 II – sangkatauhan, na ginamit dito na walang pakahulugan ng kahinaan, lubhang magkasalungat

Ang pangalawa termino/pariralang, "anak ng tao," ay isang Hebreong wikain para sa isang pantaong persona (i.e., Awit 146:3; Ezekiel 2:1). Si YHWH ay nagbibigay ng natatanging pansin Kanyang pinakamataas na linikha, na ginawa sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27), para sa pagsasama-sama (cf. Genesis 3:8). Ang mga tao ay mga mahahalagang nilalang, na natatanging nauugnay sa Diyos. Tayo ay bahagi ng linikhang ito, ngunit mas higit sa pisikal! Pagkatapos na nilalang, tayo ay walang hanggang, espirituwal na mga nilalang

Ang mga tao ay isang mas mataas na antas na espirituwal kaysa sa mga anghel. Alam ko na ito ay nakakatawa, ngunit kayo ay mag-isip na kasama ko.

1. walang anghel ang sinasabing ginawa sa larawan at wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27)
2. Si Hesus ay hindi namatay upang tubusin ang mga anghel (cf. Hebreo 2:14-16)
3. ang mga mananampalataya ang hahatol sa mga anghel (cf. 1 taga-Corinto 6:3)
4. mga anghel ay ang maglilingkod sa sangkatauhan (cf. Hebreo 1:14)

Sa alamat ng paglalalang ng *Sumer* at pagkatapos, sa Babilonya, mga tao ay maiingay, nakakaabala at sumasaid (tingnan ang panimula sa mga tala sa Genesis 1-11), ngunit sa Bibliya ito ay tagalang kasalungat. Sila ang pagtuon ng malikhaing pagkilos ni YHWH.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"iyong alalahanin siya"** |
| **NKJV, NRSV, JPSOA, REB,** | |
| **LXX** | **"ingatan siya"** |
| **TEV** | **"isipin siya"** |
| **NJB** | **"maglaan ng kaisipan sa kanila"** |

Ang PANDIWA (BDB 269, KB 269, *Qal* DI-GANAP) ay nangangahulugang "tandaan," sa kaunawaan ng "iniisip na may kabaitan" (cf. Awit 9:12; 78:39; 98:3; 103:14; 105:8,42; 106:45; 111:5; 115:12; 136:23). Kadalasan, sa ang Bibliya, ang Diyos ay tinawag na "kalimutan" ang pantaong kasalanan at mga tao ay tinawag na "alalahanin" ang Diyos, ngunit dito ang salmista ay napahanga sa lawak at kagandahan ng linikha at ang kaisipan na ang Manlilikha nito ay mayroong panahon at pagmamalasakit para sa isang natatanging linikha sa isang planetang ito! Ngunit, ito ay ang intelektuwal/ teolohikong tanong, di nga ba (i.e., naturalismo laban sa may layuning manlilikha)?

**8:5** Ang dangal at halaga ng mga tao ay maliwanag na makikita sa talatang ito. Tayo ay "linikha" na isang PANDIWA (BDB 341, KB 338, *Piel* DI-GANAP, cf. Ecclesiastes 4:8) na nangangahulugang "magdulot na mawalan" o "gawin siyang mas mababa" sa nag-iisang Diyos (*Elohim*). Ang LXX pinapaliwanag ito bilang "mga anghel" (cf. Hebreo 2:7), ngunit ang konteksto ng Awit 8 ay hinihingi na "Diyos" dahil ang salmong ito ay nagpapakilala ng linikha ng Diyos sa Genesis. Bagaman ito ay maaari na ang PANGMARAMIHANG "tayo" sa Genesis 1:26; 3:22; 11:7, ay nagpapakilala ng kapulungan ng Diyos sa langit (cf. 1 Hari 22:19-23; Job 1:6; 2:1; Awit 82:1,6; 86:8; 89:6,8; Daniel 7:10), at samakatuwid, tumutukoy sa mga anghel sa pamumuno (cf. Genesis 3:5). Gayunman, sa konteksto, sa aking palagay ang "Diyos" ang pinakamainam.

Pansinin na ang *enosh*/*ben Adan* ay pinutungan ng

1. kaluwalhatian – BDB 458
2. pagkamaharlika – BDB 214

Ang sangkatauhan ay ang pinakamataas na linikha ng Diyos. Sila ay linikha upang makipag-ugnayan sa Diyos. Sila ay nanunungkulan bilang Kanyang mga tagapamahala sa mundo (cf. Genesis 1:28). Ang lahat na pisikal na linikha ay isang yugto para sa Diyos at sangkatauhan upang magtagpo at dumating sa pagkakakilala sa bawat-isa (cf. Genesis 3:8).

**8:6-8** Gaya ng Awit 8:3 na may tiyak na pag-aangkop Genesis 1, kaya gayundin, sa talata 6 (cf. Genesis 1:28). Ang mga tao ay mga katiwala ng Diyos sa Hardin (at sa pagkakasangko, lahat ng linikha). Ang mga tao ay namumuno (BDB 605, KB 647, *Hiphil* DI-GANAP), sumusupil (BDB 461, KB 460, *Qal* PAUTOS, cf. Genesis 1:28), at ay mayroong kapamahalaan (BDB 921, KB 1190, *Qal* PAUTOS, cf. Genesis 1:28) lamang sa kanilang kaugnayan Diyos! Tayo ay mga katiwala!

**8:6 "mga gawa ng iyong mga kamay"** Ito ay tumutukoy sa Genesis 1 (cf. Job 14:15; Awit 92:4; 138:8; 143:5), gaya ng "mga gawa ng inyong kamay" sa v. 3 (cf. Awit 102:25). Ito ay nakakawil na

sa Genesis 1 ang mga gawaing paglilikha ng Diyos ay sa pamamagitan ng isinawikang salita. Tanging sa sangkatauhan ay linikha/hinugis sa pamamagitan ng personal na pansin sa Genesis 2:7. Tingnan ang Natatanging Paksa: Paglalarawan sa Diyos bilang Tao (antropomorpismo) sa Awit 2:4-6.

**8:7** Ang kaayusan ng paglilikha sa mga nilalang na ito ay magkaagapay sa Genesis 1. Ang Awit na ito (tulad ng Awit 104) ay dapat na mabasa sa liwanag ng Genesis 1! Kung ang Genesis 1-2 ay nasa Awit, hindi natin dapat pagtalunan ang kanilang uri (genre) o pagiging-literal!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:9**
**9 Oh PANGINOON, aming Panginoon,**
**pagkarilag ng iyong pangalan sa buong lupa!**

**8:9** Ang Awit na ito ay natapos tulad ng kanyang simula (v. 1b). Ang paksa at pangunahing katangian ng ang Bibliya ay Diyos!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay "ang mga langit" at "mga sanggol"?
2. Si YHWH ba ay mayroong "mga daliri"?
3. Bakit napakahalaga sa teolohiya na si YHWH ang lumikha ng araw at buwan?
4. Paano maiuugnay ang "tao" sa talata 4a sa "anak ng tao" sa talata 4b?
5. Ang tao ba ay bahagyang mas mababa kaysa sa mga anghel o Diyos? Bakit?

# AWIT 9

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Awit ng Pasasalamat para sa Kahatulan ng Diyos<br><br><u>Panimula sa MT</u><br>“Para sa Pinunong Mang-aawit; sa Muth-labben. Isang Awit ni David” | Panalangin at Pasasalamat para sa mga Matuwid Kahatulan ng PANGINOON | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa mga Personal Kaaway (Awit 9-10, Isang Panaghoy) | Pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang Paghatol | Pinaparusahan ng Diyos ang Makasalanan at Inililigtas ang Nagpapakumbaba (Awit 9-10)<br>Akrostik |
| 9:1-2 | 9:1-2 | 9:1-2 | 9:1-2 | 9:1 (*Aleph*) |
| | | | | 9:2 |
| 9:3-6 | | | | |
| | 9:3-5 | 9:3-4 | 9:3-4 | 9:3-4 (*Bet*) |
| | | 9:5-6 | 9:5-6 | 9:5-6 (*Gimel*) |
| | 9:6-8 | | | |
| 9:7-10 | | | | |
| | | 9:7-8 | 9:7-8 | 9:7-8 (*He*) |
| | 9:9-10 | 9:9-10 | 9:9-10 | 9:9-10 (*Waw*) |
| 9:11-16 | | | | |
| | 9:11-12 | 9:11-12 | 9:11-12 | 9:11-12 (*Zain*) |
| | 9:13-14 | 9:13-14 | 9:13-14 | 9:13-14 (*Het*) |
| | 9:15-16 | 9:15-16 | 9:15-16 | 9:15-16 (*Tet*) |
| 9:17-20 | 9:17-18 | 9:17 | 9:17-18 | 9:17 (*Yod*) |
| | | | | 9:18 (*Kaph*) |
| | 9:19-20 | 9:19-20 | 9:19-20 | 9:19-20 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

## MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL

A. Ang New Jerusalem Bible (NJB) ay ipinapahayag na ang Awit 9 sa Awit 10 ay bumubuo ng isang may kaluwagang akrostik (cf. LXX).

B. Ang mga akrostik ay natatanging uri ng panulaan. Upang maging akma ang bawat-isang titik
   1. hindi karaniwang mga salita ang ginamit
   2. hindi karaniwang mga anyo ng mga salita ang ginamit
   3. sinalang mga linya ng panulaan ang makikita
   4. pambihirang talinghaga at matalinghagang wika ang makikita
   5. paggamit ng MGA PANG-UKOL

Ang mga sinauna naramdamang ang alpabeto ay may mahiwagang kahalagahan (i.e., Kabala, mga teksto ng Ras Shamra).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:1-2**
**1 Ako'y magpapasalamat sa PANGINOON ng aking buong puso;**
**aking ipakikilala ang lahat na iyong kagilagilalas na mga gawa.**
**2 Ako'y magpapakasaya at magpapakagalak sa iyo;**
**ako'y aawit ng pagpuri sa iyong pangalan, Oh ikaw na kataastaasan.**

**9:1-2** Ang pambungad na istropa ay mayroong limang MGA PANG-PANGKAT.
1. Ako ay magpapasalamat – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP ginamit sa isang PANG-PANGKAT kaunawaan
2. aking ipakikilala – BDB 707, KB 765, *Piel* PANG-PANGKAT
3. Ako ay magpapakasaya – BDB 970, KB 1333, *Qal* PANG-PANGKAT
4. Ako ay magpapakagalak – BDB 763, KB 836, *Qal* PANG-PANGKAT
5. Ako ay aawit, magpupuri – BDB 274, KB 273, *Piel* PANG-PANGKAT

Ang lahat ng ito maiuugnay kay YHWH (i.e., ang Kataas-taasan). Ang pasasalamat at pagpupuri ay katungkulan ng sangkatauhan. Ang mga ito ay tanda/mga katibayan ng isang napakalapit, personal, pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa Diyos.

Pansinin ang apat na "ako ay" ng vv. 1-2 ay batay sa limang "Iyo/ikaw ay" ng Awit 9:4-6. Si YHWH ay kumilos! Ngayon, ang Kanyang mga tagasunod ay makakapagpuri sa Kaniya!

**9:1 "ng aking buong puso"** Ito ay isang Hebreong wikain ng buong debosyon (cf. Awit 86:12; 111:1; 138:1; 1 Hari 8:23,61; 11:4; 1 Cronica 28:9). Para sa "puso" tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 4:7.

▣
**NASB, NJB,**
**JPSOA "kagilagilalas"**
**NKJV "kamangha-mangha"**
**NRSV, REB,**
**LXX "mga kagilagilalas na gawa"**

Ito ay isang Hebreong KAYARIAN (BDB 481 at BDB 810, *Niphal* PANDIWARI). Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: MGA KAMANGHA-MANGHANG BAGAY (פלא)**

Ang salitang ito (BDB 810) ay nagpapakilala ng mga pagkilos na hindi kayang maisakatuparan o kahit na maipaliwanag ng kanilang mga sarili, mga gawang nagdudulot ng pagkamangha at panghanga (cf. Genesis 18:14; Jeremias 32:17,27; Zacarias 8:6).

Ang PANDIWA

1. ang Exodo, Exodo 3:20; 34:10; Mikas 7:15
2. mga salot, Deuteronomio 28:59
3. pagtawid sa Jordan, Josue 3:5
4. mga nakalipas na pangyayari sa Diyos, Hukom 6:13; 1 Cronica 16:9,12,24; Nehemiah 9:17
5. pagsilang ni Samson, Hukom 13:19
6. pag-ibig ni David para kay Jonathan, 2 Samuel 1:26
7. kadalasang sa Job, 5:9; 9:10; 10:16; 37:5,14; 42:3
8. tatlompu't-dalawang beses sa Awit
9. ang payo ni YHWH, Isaias 28:29
10. mga pagkilos ni YHWH, Isaias 29:14 (dalawang beses); Joel 2:26

Ang PANGNGALAN

1. ang Exodo, Exodo 15:11; Awit 77:11,14; 78:12
2. kaugnayan sa mga patay, Awit 88:10,12
3. mga pagpuri kay YHWH sa kalangitan, Awit 89:5
4. mga kautusan ni YHWH, Awit 119:129
5. ang Mesias ni YHWH, Isaias 9:6
6. mga pagkilos ni YHWH, Isaias 25:1; 29:14
7. mga pagkilos sa wakas ng panahon, Daniel 12:6

Ang Diyos ay kumikilos sa mga makapangyarihan, pangkatubusang paraan upang iyahag ang Kanyang sarili sa Kanyang pinakamataas na linikha (sangkatauhan). Nais Niya silang makilala Siya at magtiwala sa Kaniya. Ang Kanyang mga gawa ay kapahayagan, ang pagtatala ng mga gawang ito ay inspirasyon , at ang pag-unawa sa mga gawang ito ay iluminasyon. Nais ni YHWH na makilala Siya ng mundo!

**9:2 "sa iyo. . .sa iyong pangalan"** Ang mga ito ay magkaagapay. Pansinin ang personal na elemento sa pagsamba. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pangalan ni YHWH sa Awit 5:11-12.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:3-6**

**3Pagka ang aking mga kaaway ay magsisibalik,**
**sila'y matitisod at malilipol sa iyong harapan.**
**4Sapagka't iyong inalalayan ang aking matuwid na layunin;**
**ikaw ay nauupo sa luklukan na humahatol na may katuwiran.**
**5Iyong sinaway ang mga bansa, iyong nilipol ang masama;**
**iyong pinawi ang kanilang pangalan magpakailan man.**
**6Ang kaaway ay dumating sa wakas, sila'y lipol magpakailan man,**
**at ang mga lungsod na iyong dinaig;**
**ang tanging alaala sa kanila ay napawi.**

**9:3-6** Ang istropang ito ay nagtatanyag kay YHWH bilang isang Matuwid na Hukom (cf. Awit 9:4b). Pansinin Kanyang mga pagkilos patungo sa kaaway.

1. mga kaaway ay magsisibalik, v. 3a – BDB 996, KB 1427, *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN (i.e., sa digmaan)
2. mga kaaway ay magsisitisod, v. 3b – BDB 505, KB 502, *Niphal* DI-GANAP
3. mga kaaway ay malilipol, v. 3b – BDB 1, KB 2, *Qal* DI-GANAP

4. sinaway ang mga bansa, v. 5a – BDB 172, KB 199, *Qal* GANAP (ang NET Bible ay nakikita ito na tumutukoy sa isang "panlabang sigaw o pagdaing," p. 858, #19)
5. linipol ang masama, v. 5a – BDB 1, KB 2, *Piel* GANAP
6. pinawi ang kanilang mga pangalan, v. 5b – BDB 562, KB 567, *Qal* GANAP(i.e., namatay sa digmaan)
7. dinaig ang mga lungsod ng kaaway, v. 6 – BDB 684, KB 737, *Qal* GANAP

Pansinin kung paano inilarawan si YHWH .

1. iyong inalalayan ang aking matuwid na layunin
2. nauupo sa luklukan na humahatol na may katuwiran
3. cf. Awit 9:7-8 (inuulit na pagbibigay-diin sa susunod na istropa)

Ito ay maaari na "ang matuwid na layunin" ay ang pagtatalaga ni YHWH sa salmista bilang Hari ng Kanyang pangkasuduang bayan.

**9:3 "malilipol sa iyong harapan"** Pansinin na ang PANDIWANG ito (BDB 1, KB 2) ay inulit sa vv. 5, 6, 18. Ito ay ginamit sa

1. mga indibidwal na kaaway
2. mga bansa
3. ang pinahirapan (tinanggihan)

Ito ay maliwanag na tumutukoy sa pisikal na buhay ngunit gayundin sa walang hanggang pag-iral (cf. v. 6, Hebreong wikain). Ang sumalansang sa Diyos at Kanyang mga taoay isang mapanganib gawain na may mga pansamantala at eskatolohikong kahihinatnan.

**9:5 "ang mga bansa"** Ang katulad na paglipat mula sa isang indibidwal sa "mga bansa" (cf. Awit 9:17-20) ay makikita sa Awit 7:6-7. Maraming mga awit ay naisulat ng mga indibidwal na naging panglahat sa pagsambang liturhiya.

Pansinin din na si YHWH bilang Hukom ay ipinahahayag sa Awit 7:7 (cf. Awit 9:4-6,7-8).

▣ **"iyong pinawi ang kanilang pangalan magpakailan man"** Pansinin kung paanong ang paksa ng "palagian o permanente" kahatulan ay inulit (cf. Awit 69:28).

1. pinawi, v. 5 (*Qal* GANAP, cf. Awit 69:28; tingnan din ang Bilang 5:23; Deuteronomio 9:14; 25:19; 29:20)
2. magpakailan man, v. 5 (tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailan man sa ibaba)
3. lipol magpakailan man, v. 6 (*Piel* GANAP, cf. Jeremias 25:9; 49:13)
4. ang tanging alaala sa kanila ay napawi, v. 6 (*Qal* GANAP, cf. Awit 34:16; 109:15)

Ang mga talatang 5-6 ay nagpapaalala sa akin ng panimulang pag-uusap sa Malakias 1, kung saanang siyang pag-iral ng Israel ay pinag-iba sa buong pagmamana ng Edom bilang katibayan ng pangkasunduang pag-ibig ni YHWH. Nasaan ang mga sinaunang nakapalibot na bansa? Sila ay nawalana sa kasaysayan, ngunit hindi ang Israel!

Ang PANDIWANG "pinawi" (#1) ay maaaring tumutukoy sa aklat ng buhay.

**NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILAN MAN (*'OLAM)***

Ang etimolohiya ng Hebreong salitang '*olam*, עולם (BDB 761) ay hindi tiyak (NIDOTTE, tomo 3, p. 345). Ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan (kadalasan ay natutukoy sa pamamagitan ng konteksto). Ang mga sumusunod ay mga piniling mga halimbawa lamang.

1. sinaunang mga bagay
    a. mga tao, Genesis 6:4; I Samuel 27:8; Jeremias 5:15; 28:8
    b. mga lugar, Isaias 58:12; 61:4
    c. Diyos, Awit 93:2; Kawikaan 8:23; Isaias 63:16

d. mga bagay, Genesis 49:26; Job 22:15; Mga Awit 24:7,9; Isaias 46:9
e. panahon, Deuteronomio 32:7; Isaias 51:9; 63:9,11

2. panghinarap na panahon
   a. ng isang buhay, Exodo 21:6; Deuteronomio 15:17; I Samuel 1:22; 27:12
   b. *hyperbole* para sa hari, I Hari 1:31; Mga Awit 61:7; Nehemiah 2:3
   c. nagpapatuloy na pag-iiral
      (1) mundo, Awit 78:69; 104:5; Eccl. 1:4
      (2) kalangitan, Awit 148:6
   d. Ang pag-iiral ng Diyos
      (1) Genesis 21:33
      (2) Exodo 15:18
      (3) Deuteronomio 32:40
      (4) Mga Awit 93:2
      (5) Isaias 40:28
      (6) Jeremias 10:10
      (7) Daniel 12:7
   e. ang kasunduan
      (1) Genesis 9:12,16; 17:7,13,19
      (2) Exodo 31:16
      (3) Leviticus 24:8
      (4) Bilang 18:19
      (5) II Samuel 23:5
      (6) Mga Awit 105:10
      (7) Isaias 24:5; 55:3; 61:8
      (8) Jeremias 32:40; 50:5
   f. natatanging kasunduan kay David
      (1) II Samuel 7:13,16,25,29; 22:51; 23:5
      (2) I Hari 2:33,45; 9:5
      (3) II Cronika 13:5
      (4) Mga Awit 18:50; 89:4,28,36,37
      (5) Isaias 9:7; 16:5; 37:35; 55:3
   g. Ang Mesias ng Diyos
      (1) Mga Awit 45:2; 72:17; 89:35-36; 110:4
      (2) Isaias 9:6
   h. Ang mga batas ng Diyos
      (1) Exodo 29:28; 30:21
      (2) Levitico 6:18,22; 7:34; 10:15; 24:9
      (3) Bilang 18:8,11,19
      (4) Mga Awit 119:89,160
      (5) Isaias 59:21
   i. Ang mga pangako ng Diyos
      (1) II Samuel 7:13,16,25; 22:51
      (2) I Hari 9:5
      (3) Mga Awit 18:50
      (4) Isaias 40:8
   j. Ang mga lahi ni Abraham at ang Lupang Pinangako
      (1) Genesis 13:15; 17:19; 48:4
      (2) Exodo 32:13
      (3) I Cronika 16:17
   k. Tipanang kapistahan

(1) Exodo 12:14,17,24
(2) Levitico 23:14,21,41
(3) Bilang 10:8

l. walang hanggan magpakailanman
(1) I Hari 8:13
(2) Mga Awit 61:7-8; 77:8; 90:2; 103:17; 145:13
(3) Isaias 26:4; 45:17
(4) Daniel 9:24

m. anuman ang sinabi ng Mga Awit na gagawin ng mga mananampataya magpakailanman
(1) magbigay pasasalamat, Mga Awit 30:12; 79:13
(2) Manahan sa Kanyang presensya, Mga Awit 41:12; 61:4,7
(3) magtiwala sa Kanyang awa, Mga Awit 52:8
(4) purihin ang Panginoon, Mga Awit 52:9
(5) umawit ng mga papuri, Mga Awit 61:8; 89:1
(6) idiklara ang Kanyang katarungan, Mga Awit 75:9
(7) dakilain ang Kanyang pangalan, Mga Awit 86:12; 145:2
(8) pagpalain ang Kanyang pangalan, Mga Awit 145:1

3. parehong pabalik at papunta sa panahon ("mula sa magpakailanman hanggan sa magpakailanman")
a. Mga Awit 41:13 (papuri sa Diyos)
b. Mga Awit 90:2 (ang Diyos Mismo)
c. Mga Awit 103:17 (ang mabuting pag-ibig ng Panginoon)

Tandaan, ang konteksto ang nagtutukoy sa kung hanggan saan ang ibig sabihin ng salita. Ang walang hanggang mga tipanan at mga pangako ay kondisyunal (i.e., Jeremias 7). Maging maingat sa pagbabasa ng makabagong pananaw ng panahon o ang iyong NT na sistematikong teolohiya sa bawat OT na paggamit sa napakalusaw na salita na ito. Ang NT ang nagpapangkalahatan sa mga pangako ng OT.

**NATATANGING PAKSA: ANG DALAWANG AKLAT NG DIYOS**

A. Sa isang kaunawaan ang titulo ng Natatanging Paksa na ito ay naglalarawan sa
1. kalikasan (i.e., linikha, cf. Awit19:1-6)
2. Banal na Kasulatan (cf. Awit 19:7-14)

Ito ang dahilan na hindi ko iniisip na sa katapusan ay may tunggalian sa pagitan ng agham at pananampalataya, ang lahat ng katotohanan ay katotohanang galing sa Diyos. Pakitingnan ang aking komentaryo sa Genesis 1-11 sa internet na walang-bayad sa www.freebiblecommentary.org

B. Mayroong dalawang mga aklat na binabanggit sa Bibliya (cf. Daniel 7:10; Pahayag 20:12)
1. Ang aklat na naglalaman ng lahat ng mga gawa ng mga tao, kapwa mabuti at masama. Sa isang kaunawaan ito ay isang talinghaga sa alaala ng Diyos at sa isang araw lahat ng mga tao magbibigay ng isang pagsusulit sa kanilang Manlilikha sa kanilang pagkakatiwala ng kaloob na buhay.
   a. Awit 56:8; 139:16
   b. Isaias 65:6
   c. Malakias 3:16
   d. Pahayag 20:12-13
2. Ang aklat na nagtala sa kanilang mayroong isang pananampalataya/ pagsisisi/ pagsunod na pakikipag-ugnayan kay YHWH/Hesus. Ito ay isang talinghaga sa alaala

ng Diyos sa kanila na tinubos at papuntang langit.

a. Exodo 32:32-33
b. Awit 69:28
c. Isaias 4:3
d. Daniel 12:1
e. taga-Filipos 4:3
f. Hebreo 12:23
g. Pahayag 3:5; 13:8; 17:8; 20:12,15; 21:27
h. nabanggit din sa sa I Enoch 47:3; 81:1-2; 103:2; 108:3

Ang mga aklat na ito ay nagpapakilala ng pagkamatapat ng Diyos sa Kanyang Salita. Para sa kanilang naghimagsik at tumanggi, naaalala Nila ang kanilang mga kasalanan; para sa sa kanilang nagsisi, nanampalataya, sumunod, naglingkod, at nagpapatuloy, kinalimutan na Niya ang kanilang mga kasalanan (cf. Awit 103:11-13; Isaias 1:18; 38:17; 43:25; 44:22; Mikas 7:19). Mayroong saganang katiyakan at pag-asa sa di-nagbabago, mahabaging katangian, mga pangako, at mga pagtutustos ng Diyos. Ang Diyos ay mapagkakatiwalaan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:7-10**

**7 Nguni't ang Panginoon ay nanananahan magpakailan man;**
**inihanda niya ang kaniyang luklukan para sa kahatulan,**
**8 At hahatulan niya sa katuwiran ang sanglibutan;**
**siya'y mangangasiwa ng karampatang kahatulan sa mga tao.**
**9 Ang PANGINOON naman ay magiging matayog na moog sa napipighati,**
**matayog na moog sa mga panahon ng kabagabagan;**
**10 At silang nangakakaalam ng iyong pangalan ay maglalagak ng kanilang tiwala sa iyo,**
**sapagka't ikaw, PANGINOON, ay hindi mo pinabayaan sila na nagsisihanap sa iyo.**

**9:7-8** Ang mga bansa ay darating at hahayo batay sa kanilang pakikipag-ugnayan sa matuwid na Diyos/ Hukom (cf. Awit 89:14).

**NATATANGING PAKSA: HUKOM, KAHATULAN, AT KATARUNGAN SA ISAIAS**

Ito ay isang terminong malaganap na ginagamit (BDB 1047) sa OT. Ang NIDOTTE, tomo 4, p. 214, ay ipinakilala ang pagkakagamit at kahalagahan nito.

1. Pentateuch, 13%, ang tao ang humahatol
2. mga Aklat Pangkasaysayan, 34%, ang tao ang namumuno
3. mga Karunungang Panitikan, 22%, pagkilos ng Diyos
4. mga Propeta, 31%, karamihan ay pagkilos ng Diyos

Pansinin ang sumusunod tsart.

| **Si YHWH bilang Hukom** | **Ang Mesias bilang Hukom** | **Panukalang Mga Hukom ng Israel** | **Aktwal na Mga Hukom ng Israel** |
|---|---|---|---|
| 2:4 | 9:7 | 1:17,21,23 | 3:2 |
| 3:14 | 11:3,4 | 26:8 | 5:7 |
| 4:4 | 16:5 | 56:1 | 10:2 |
| 5:16 | 32:1 | 58:2,8 | 59:4,9,11,14,15 |
| 28:6,17,26 | 40:14 | | |
| 30:18 | 42:1,3,4 | | |

| | |
|---|---|
| 33:5,22 | 51:4,5 |
| 61:8 | 53:8 |
| 66:16 | |

Ang Israel ay nagpapakilala ng katangian ni YHWH sa mga bansa. Siya ay nabigo, kaya si YHWH ay magtatayo ng isang "panukalang" Israelita upang tuparin ang Kanyang personal na kapahayagan sa mundo (i.e., ang Mesias, Hesus ng Nazareth, ang Kristo, cf. Isaias 52:11-53:12)!

**9:7**
**NASB "nanananahan"**
**NKJV "nananatili"**
**NRSV, TEV,**
**NJB "nauupo sa trono"**

Awit 9:7 ay sa lubos na naiiba sa vv. 5-6. Ang mapanghimagsik na mga bansa ay pansamantala ngunit ang Diyos ng Israel ay palagiang nakaluklok sa trono (BDB 442, KB 444, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 10:16; 29:10).

Ang pangalawang PANDIWA ng v. 7, "inihanda" (BDB 465, KB 464), ay isang *Polel* GANAP, na nagpapakilala ng Kanyang permanenteng trono!

**9:8 "hahatulan niya sa katuwiran ang sanglibutan"** Muli ang teolohikong isyu ay ang kahulugan ng "mundo" (BDB 385). Sa Awit 96:13 at 98:9, ang salitang ito ay magkaagapay ng *erets* (BDB 75, tingnan ang Natatanging Paksa: Lupa, Bansa, Mundo sa Awit 2:2). Ito ay dapat na tumutukoy sa "kilalang" mundo ng panahong iyon. Gayunman, mula sa NT, ang konseptong ito ay ibinibilang ang buong planeta (i.e., Juan 3:16).

**9:9 "moog"** Ang PANDIWA (BDB 960) ay nangangahulugang "na maging mataas." Ang PANGNGALAN ay palagiang ginagamit sa Diyos bilang isang mataas, napakalakas, at ligtas na muog o tanggulan (cf. Awit 9:9 [dalawang beses]; 18:2; 46:7,11; 48:3; 59:9,16,17; 62:2,6; 94:22; 144:2). Ito ay isang wikain para sa kaligtasan at pagkalinga. Para sa matapat na tagasunod (cf. v. 10), ang ating Diyos ay ating tanggulan at wala nang iba pa!

Pansinin ang pariralang, "mga panahon ng kabagabagan," ng v. 9b ay muling makikita sa Awit 10:1b. Ito ay matatagpuan lamang dito sa OT. Mayroong ilang pagduruda tungkol sa ang kahulugan ng salitang isinalin na "kabagabagan" (BDB 131). Sa Jeremias 14:1 at 17:8 ito ay nangangahulugang "tagtuyot," ngunit kahulugan ay hindi umaakma dito. Tandaang ang mga salita lamang ay mayroong kahulugan sa mga pangungusap at mga pangungusap sa pampanitikang yunit.

**9:10a** Ang linyang ito ng panulaan ay ipinapahayag isang pangunahing biblikal na katotohanan. Aking idinagdag ang aking mga komento mula sa Isaias 26:3-4 sa ibaba.

Para sa Hebreong salitang "makilala" tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6.

**Isaias 26**
**26:3 "Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan"** Pansinin ang pangkasunduang aspeto.

1. Ang kaisipan ng mananampalataya ay nananatili kay YHWH (BDB 701, KB 759, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI, ngunit ginamit sa isang TAHAS NA kaunawaan, cf. 1 Cronica 29:18).
2. Iniingatan siya ni YHWH (BDB 665 I, KB 718, *Qal* DI-GANAP, ang kasunduan pakikipag-ugnayan ay mayroong dalawang kalahok, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:19).
3. "Lubos kapayapaan" ay isang pagdodoble ng *shalom* (BDB 1022, cf. DSS). Ang pagdodobleng ito ng mga salita ay lubhang karaniwan sa bahaging ito ng Isaias.

▣ **"siya'y tumitiwala sa iyo"** Ang salitang "pagtitiwala" (BDB 105, KB 120, *Qal* BALINTIYAK NA

PANDIWARI) ay nangangahulugang "pagtitiwala kay YHWH" (cf. 12:2; 26:4; 36:15; 37:10; 50:10). Pansinin na ang susunod na talata ay mayroong katulad na salita bilang isang PAUTOS. Ito ay mahalagang teolohikong konsepto ng pangangailangang para sa isang personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos, hindi lamang pagsunod. Kapwa ay napakahalaga!

**26:4 "Magsitiwala kayo sa PANGINOON magpakailan man"** Para sa PANDIWA (BDB 105, KB 120, *Qal* PAUTOS), tingnan ang Natatanging Paksa sa 22:23.

Ang pangalan para sa pagka-Diyos sa unang linya ng v. 4 ay si YHWH; sa pangalawang linya, isang PAGPAPAIKLING *Yah* at YHWH, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:1.

Ang terminong "magpakailan man" (BDB 723 I), ang una ay PANGMARAMIHANG anyo at pagkatapos ang PANG-ISAHANG anyo (KAYARIAN, cf 65:18; Awit 83:18; 92:8). Ang kayariang ito, kasam ng "walang hanggan" (BDB 761), na ginamit ni YHWH, ay nagpapahiwatig ng isang personal na pakikipag-ugnayan na lampas sa buhay na ito (cf. vv. 14,19; Awit 23:6).

▣ **"*tayo ay* mayroong walang hanggang bato"** Ang salitang "bato" ay isang talinghaga para sa di nagbabagong katangian ng Diyos (cf. Awit 18:1, 2; Isaias 17:10; 30:29; 44:8).

**9:10b** Anong isang napakagandang pahayag ng katapatan ni YHWH! Ito ay isang inulit na paksa sa Awit (cf. Awit 37:28; 94:14). Ang pag-asa ng mga mananampalataya ay sa di-nagbabagong katangian ng mahabaging Manlilikha (cf. Malakias 3:6).

**NATATANGING PAKSA: MGA KATANGIAN NG DIYOS NG ISRAEL**

1. Mahabagin (BDB 933) - Exodo 34:6; Deuteronomio 4:31; II Cronica 30:9; Mga Awit 86:15; 103:8; 111:4; Nehemias 9:17,31; Joel 2:13; Jonas 4:2
2. Mapagkaloob (BDB 337) - Exodo 34:6; II Cronica 30:9; Mga Awit 86:15; 103:8; 111:4; Nehemias 9:17,31; Joel 2:13; Jonas 4:2
3. Matagal na magalit (BDB74 NA KAYARIAN BDB 60) - Exodo 34:6; Mga Awit 86:15; 103:8; Nehemias 9:17; Joel 2:13; Jonas 4:2
4. Sagana sa patatag na pag-ibig (BDB 912 I NA KAYARIAN BDB 338) - Exodo 34:6-7; Mga Awit 86:15; 103:8; Nehemias 9:17; Joel 2:13; Jonas 4:2
5. Matapat (BDB 54) - Exodo 34:6; Mga Awit 86:15
6. Sagana sa pagpapatawad (BDB 699) - Nehemias 9:17
7. Hindi sila itinatakwil (BDB 736 I) - Nehemias 9:17,31
8. Itinatakwil ang masama (BDB 636, KB 688, *Niphal* PANDIWARI+BDB 948) - Joel 2:13; Jonas 4:2
9. Ang dakilang Diyos (BDB 42, 152) - Nehemias 1:5; 9:32
10. Dakita at kakilakilabot (BDB 152, 431) - Nehemias 1:5; 4:14; 9:32
11. Nag-iingat ng kasunduan (BDB 1036, 136) - Nehemias 1:5; 9:32
12. Matatag na pag-ibig (BDB 338) - Nehemias 1:5; 9:32

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:11-16**

**11 Magsiawit kayo ng mga pagpuri sa Panginoon, na nagsisitahan sa Sion;**
**ipahayag ninyo sa gitna ng bayan ang kaniyang mga gawa.**
**12 Sapagka't siyang nagsisiyasat ng dugo ay umaalaala sa kanila;**
**hindi niya kinalilimutan ang daing ng dukha.**
**13 Maawa ka sa akin, Oh PANGINOON;**
**masdan mo ang kadalamhatian na aking tinitiis sa kanila na mangagtatanim sa akin,**
**ikaw na nagtataas sa akin mula sa mga pintuan ng kamatayan,**
**14 Upang aking maipakilala ang iyong buong kapurihan,**
**sa mga pintuang-bayan ng anak na babae ng Sion**

**ako'y magagalak sa iyong pagliligtas.**
**15Ang mga bansa ay nangahulog sa balon na kanilang ginawa;**
**sa silo na kanilang ikinubli ay kanilang sariling paa ang nahuli.**
**16Ang Panginoon ay napakilala;**
**siya'y naglapat ng kahatulan.**
**ang masama ay nasilo sa mga gawa ng kaniyang sariling mga kamay. Higgaion Selah.**

**9:11-12** Pinapurihan ni YHWH dahil sa Kanyang katarungan (cf. vv. 12,15-16).
1. Kaniyang pinaghihiganti ang pagdanak ng dugo
2. Hindi Niya nakakalimutan ang pag-iyak ng mga nagdadalamhati

Ang Kanyang katarungan ay makikita sa mga masasamang plano ng buktot kung saan sila sumilo sa kanilang sarili (cf. vv. 15-16).

**9:11 "na nagsisitahan sa Sion"** Ang Sion ay ang burol sa Herusalem kung saan nakatayo ang muog ng Jebuseo na nabihag ni David. Siya ay nagpatayo ng kanyang palasyo sa burol na ito. Ito ay dumating na maitalaga na buong lungsod.

Ang Herusalem, at sa partikular, ang templo sa burol Moria, ay naging lugar kung saan si YHWH "ay nananahan," sa mga pakpak ng *Cherubim* sa taas ng arko ng kasunduan. Ang lugar ng ito ang tumutupad sa inulit na parirala sa Deuteronomio, "ang lugar na nagdudulot kay YHWH na manahan ang Kanyang pangalan."

**9:12**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"siyang nagsisiyasat ng dugo"** |
| **NKJV, NRSV** | **"siyang naghihiganti ng dugo"** |
| **NJB, REB** | **"ang tagapaghiganti ng dugo"** |
| **JPSOA** | **"Siya na naghahangad ng pagdanak ng dugo"** |

Ang pariralang ito ay nauugnay sa Genesis 9:5-6. Ang buhay ay isang kaloob mula sa Diyos. Ag isa na nag-aalis ng kaloob na ito ay dapat magbigay ng pagsusulit sa harapan ng Diyos at bayaran ng kanyang sariling buhay (cf. Deuteronomio 32:43).

Nang lumaon sa Hebreong kaisipan, ito ay lumago sa "ang Tagapaghiganti ng Dugo" (i.e., Josue 20:3,5,9).

▣ **"umaalaala sa kanila… hindi niya kinalilimutan"** Pansinin kung paanong "umaalaala" ay magkaagapay sa "kinalilimutan" (kabaliktaran). Hindi Niya makakalimutan ang Kanyang mga tao!

**9:13-14** Ang masasama ay naghahangad sa buhay ng salmista (i.e., ang Hari) ngunit si YHWH ang nagligtas sa kaniya. Ngayon, nais niyang papurihan si YHWH sa tabernakulo/templo ("na nananahan sa Sion," v. 11).
1. "upang aking maipakilala" – BDB 707, KB 765, *Piel* PANG-PANGKAT
2. "upang ako'y magalak" – BDB 162, KB 189, *Qal* PANG-PANGKAT

**9:13 "mga pintuan ng kamatayan"** *Sheol* (tingnan ang buong tala sa Awit 6:5) ay inilalarawan bilang
1. isang bukas na libingan/hukay (cf. Exodo 15:12; Bilang 16:22; 26:11; Awit 124:3; Kawikaan 1:12)
2. isang mabangis na hayop (cf. Isaias 5:14; Habakkuk 2:5)
3. isang lungsod na may mga pintuan (cf. Job 38:17; Awit 107:18; Isaias 38:10; Mateo 16:18) o
4. isang kulungang may mga pintuan (cf. Pahayag 1:8; 9:1; 20:1)

**9:14 "sa mga pintuang-bayan ng anak na babae ng Sion"** Mayroong isang maliwanag na kaibahan

sa pagitan ng "mga pintuan ng kamatayan" sa 13c at mga pintuan ng Herusalem/templo sa v. 14c. Sa una ay walang pagkakaalala ngunit sa ang pangalawa ay mayroong pagpuri at patotoo tungkol kay YHWH.

**9:15-16** Pansinin ang bigkis ng anim na MGA GANAP. Ang pagkatalo ng hukbo ng kaaway kay YHWH (i.e., ang larawan ng Banal na Digmaan ng Pagsakop) ay ang pagtuon.

**9:15** Pansinin na ang mga kaaway ng salmista ay mga bansa (cf. v. 17) at hindi mga indibidwal. Samakatuwid, ito ay dapat na isang hari, kaya ang pang-tradisyong panimula ay maaaring tama.

**9:16** Sa OT ang katangian ng Diyos ay naihahayag sa panahon sa pamamagitan ng Kanyang mga pagkilos.

1. biyaya, kahabagan, at pag-ibig sa pangkasuduang bayan
2. kahatulan at poot tungo sa kanilang mga kaaway

Pansinin ang pagbaliktad ng plano sa masasama. Kung ano ang kanilang na-plano para sa iba, ay nangyayari sa kanila. Ang katarungan ay itinayo sa malikhaing kaayusan ng Diyos.

▣

**NASB, NKJV,**
**NRSV, JPSOA "nasilo"**
**TEV, REB "nahuli"**
**NJB "nalinlang"**
**LXX "bitag"**

Ang MT ay mayroong "patayin" mula sa BDB 669, KB 723, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI (matatagpuan lamang dito sa OT). Ang lahat ng mga saling Ingles ay nakikita ito bilang *Niphal* GANAP ng BDB 430, KB 432, "nabitag" o "natukso." Ang UBS Text Project (p. 171) ay nagbibigay sa MT ng isang "C" na antas (malaking pagduruda).

▣**"Higgaion"** Ang BDB (212; tingnan ang tala sa Panimula sa Awit, VII) ay binibigyang kahulugan ito bilang

1. umaalingawngaw na tunog (cf. Awit 92:3)
2. pagninilay-nilay, nag-iisip (cf. Awit 19:14)

Ito ay isinalin sa Panaghoy 3:62 bilang "pabulong-bulong" (KB 238).

▣**"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:17-20**
**17 Ang masama ay mauuwi sa Sheol,**
**pati ng lahat ng mga bansa na nagsisilimot sa Diyos.**
**18 Sapagka't ang mapagkailangan ay hindi laging malilimutan,**
**pagasa ng dukha ay mapapawi magpakailan man.**
**19 Bumangon ka, Oh PANGINOON; huwag manaig ang tao;**
**mahatulan ang mga bansa sa iyong paningin.**
**20 Ilagay mo sila sa katakutan Oh, PANGINOON;**
**ipakilala mo sa mga bansa na sila'y mga tao lamang. Selah.**

**9:17-18** Habang ang masama ay kikilos ng kamang-mangan (i.e., papunta sa *Sheol*), ang nangangailangan (BDB 2) at inaapi (BDB 776, lit. "mahirap") ay tutulong si YHWH.

**9:17 "lahat ng mga bansa na nagsisilimot sa Diyos"** Karamihan ng mga kaaway ng Israel ay mula sa mga nakapalibot na bansa na may kaunting may ilang pagkapahayag kay YHWH. Ang PANDIWANG "nagsisilimot" (BDB 1013) ay nagpapahiwatig na sila ay maaaring tumalikod sa katotohanan at sa kinahinatnan, ay sumasamba sa bulaang diyus-diyosan.

**9:19-20** Ang huling dalawang linya ay binubuo ng isang kalipunan ng mga utos para sa pagkilos ni YHWH.

1. bumangon – BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS (na kabaliktaran ng Awit 9:4b,7, kung saan Siya ay nakaupo sa trono na tumatawag sa pagkilos bilang Mandirigmang Diyos)
2. huwag manaig ang tao – BDB 738, KB 808, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
3. mahatulan ang mga bansa sa iyong paningin – BDB 1047, KB 1622, *Niphal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
4. Ilagay mo sila sa katakutan – BDB 1011, KB 1483, *Qal* DI-GANAP
5. ipakilala mo sa mga bansa na sila'y mga tao lamang – BDB 393, KB 390, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan (cf. Awit 62:9; 90:5-6; 103:14; Isaias 40:7-8)

**9:20 "Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang talata 3 isang tagpo sa hukuman?
2. Paano maiuugnay "ang mga bansa" at "ang masasama" sa talata 5?
3. Bigyang-kahulugan ang iba't-ibang "mga pintuan" sa mga talata 13 at 14.
4. Paano maiuugnay ang *Sheol* at ang Hukay?

# AWIT 10

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Panalangin para sa Paglupig ng Makasalanan<br><br>Walang Panimula sa MT | Isang Awit ng Pagtitiwala sa Tagumpay ng Diyos laban sa Kasamaan | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa Mga Personal na mga Kaaway<br>(Awit 9-10, Isang Panaghoy)<br>Akrostik | Isang Panalangin para sa Katarungan | Pinaparusahan ng Diyos ang Makasalanan ang Inililigtas ang Mapagpakumbaba<br>(Awit 9-10)<br>Pagpapatuloy ng Akrostik |
| 10:1-2 | 10:1-2 | 10:1-2 | 10:1-2 | 10:1-2 (*Lamed*) |
| 10:3-4 | 10:3-4 | 10:3-4 | 10:3-4 | 10:3 (*Mem*) |
| | | | | 10:4 (*Nun*) |
| 10:5-11 | 10:5-7 | 10:5-6 | 10:5-7 | 10:5 |
| | | | | 10:6a,b |
| | | | | 10:6c-7a |
| | | 10:7-8a | | 10:7b-8b (*Pe*) |
| | 10:8-11 | 10:8b-9 | 10:8-9 | 10:8c-9 (*Ain*) |
| | | 10:10-11 | 10:10-11 | 10:10-11 |
| 10:12-15 | 10:12-13 | 10:12-13 | 10:12-13 | 10:12-13 (*Qoph*) |
| | 10:14-15 | 10:14 | 10:14 | 10:14 (*Resh*) |
| | | 10:15-16 | 10:15 | 10:15-16 (*Shim*) |
| 10:16-18 | 10:16-18 | | 10:16 | |
| | | 10:17-18 | 10:17-18 | 10:17-18 (*Taw*) |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:1-2**
[1]**Bakit ka tumatayong malayo, Oh PANGINOON?**
**Bakit ka nagtatago sa mga panahon ng kabagabagan?**
[2]**Sa kapalaluan ng masama ang dukha ay hinahabol na mainam;**
**mahuli nawa sila sa mga lalang na kanilang inakala.**

**10:1** Ito ay isang karaniwang tanong para sa matapat na mga mananampalataya sa isang nalugmok na mundo. Ang kasamaan at paghihirap ay kadalasang nakakabigla at mga di-inaasahang pangyayari. Bakit pinapahintulutan ito ng ating nagmamahal, mahabaging Diyos?

Walang biblikal na sagot maliban sa tayo ay nabubuhay sa isang nalugmok na mundo. Ito ay hindi ang mundo na ninanais ng Diyos na maging, o ito ang magiging mundo sa hinaharap. Bilang isang teologo, dapat kong bigyang-diin na ang Diyos ay pinahihintulutan tayong anihin ang mga kahihinatnan ng kapwa kasalanan nina Adan/Eba at ating personal na mga pagpili. Ngunit Siya ay masiglang kumilos sa gana nang ating sa katubusan! Ang pinakamainam ng aklat sa paksa ng kasamaan at paghihirap sa buhay na ito/mundo, na tunay na seryosong tinatanganan ito, ay si John W. Wenham, *The Goodness of God*.

▣ Ang salmista ay nagtatanong ng dalawang partikular ng tanong ("bakit") tungkol sa tila pagkawala ng Diyos.

1. tumatayong malayo – BDB 763, KB 840, *Qal* DI-GANAP
2. nagtatago – BDB 761, KB 834, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 27:9; 55:1; 69:17

Si YHWH ay nangakong makita at maging kalahok ng Kanyang mga pangkasuduang bayan ngunit Siya ay tila na di makita at may layuning di kumilos (cf. Awit 10:5a,11)!

Pansinin ang paglalaro ng tunog at pagtutulad (paralelismo) na siyang katangian ng ANE panulaan (tingnan ang Dagdag na Dahon: Hebreong Panulaan).

Ang mga pagsasakdal na ito ay hindi katotohanan ngunit mga damdamin ng nalilito at nasasaktang mga mananampalataya.

**10:2** Pansinin ang mga katangian ng mga masasama.

1. kayabangan/mapagmataas – BDB 144, cf. Awit 31:18,23; 36:11; 73:6
2. hinahabol na mainam – BDB 196, KB 223, *Qal* DI-GANAP, cf. Genesis 31:36; 1 Samuel 17:53; Panaghoy 4:19
3. mga inakalang masamang balak – BDB 362, KB 359, *Qal* GANAP

Ito ay lalong lumago sa mga susunod na istropa (vv. 3-4 at 5-11).

▣ **"mahuli nawa sila sa mga lalang na kanilang inakala"** Ito ay isinalin ng NASB bilang isang PANGKAUTUSAN (BDB 1074, KB 1779, *Niphal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan), tulad ng Awit 10:15b.

Ipinapahayag nito ang isang karaniwang paksa sa OT ng "pagbaliktad ng tungkulin." Ang inaasahan ay hindi nangyari dahil sa presensiya ng Diyos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:3-4**
[3]**Sapagka't ang masama ay nagmamalaki sa nais ng kaniyang puso,**
**at ang mapagimbot ay nagtatakuwil, oo, nagwawalang kabuluhan sa PANGINOON.**
[4]**Ang masama, sa kapalaluan ng kaniyang mukha, ay nagsasabi, hindi niya sisiyasatin.**
**Lahat niyang pag-iisip ay, walang Diyos**

**10:3-4** Ang istropang ito ay patunay na inilalarawaa ang (1) mga pagano, (2) mga ateista, o maski na (3) ang "praktikal na ateismo" ng mga kaaway ng salmista (i.e., iba pang mga Israelita).

1. nagtatakwil sa PANGINOON – ngunit sa ilang pagkakataon sa kaunawaan ng "sumpa," (lit. "pagpapala," BDB 138, KB 159, *Piel* GANAP, cf. 1 Hari 21:10,13; Job 1:5; 2:9)
2. nagwawalang kabuluhan sa PANGINOON – BDB 610, KB 658, *Piel* GANAP
3. hindi niya sinisiyasat ang PANGINOON – BDB 205, KB 233, *Qal* DI-GANAP
4. ipinagpapalagay na walang Diyos – "wala," BDB 34 II, "Diyos," BDB 43 (ang parirala ay walang PANDIWA), cf. Awit 10:5a,11; 14:1; 53:1; ito ay hindi isang pilosopikong isyu ngunit isang praktikal na isyu. Bawa't-isa sa ANE ay naniniwala sa isang espirituwal na mundo. Ang JPSOA ay isinalin ang parirala bilang "walang pakialam ang Diyos."

**10:3a** Ang pagkapahamak sa Genesis 3 ang naglayo sa puso ng mga nilalang palayo sa Manlilikha at patungo sa kanyang sarili. Ang ating mga buhay ay ginugol sa paghahangad ng makasariling mga bagay, mga position, at kapangyarihan. Si Augustino ay inilagay ito nang tama nang kanyang sinulat ang tungkol sa bawat taong nilalang na nilikhang may isang butas na may maka-Diyos na hugis. Wala ngunit ang Diyos lamang ang maaaring makapuno ng pangangailangan ngunit ang nalugmok na sangkatauhan ay sinusubukang punuin ng pansamantala/mga bagay sa mundo.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:5-11**

**5 Ang kaniyang mga lakad ay panatag sa lahat ng panahon;**
**ang iyong mga kahatulan ay malayong totoo sa kaniyang paningin;**
**tungkol sa lahat niyang mga kaaway, tinutuya niya sila.**
**6 Sinasabi niya sa kaniyang puso, Hindi ako makikilos;**
**sa lahat ng sali't saling lahi ay hindi ako malalagay sa karalitaan.**
**7 Ang kaniyang bibig ay puno ng panunungayaw, at pagdaraya, at pang-aapi;**
**sa ilalim ng kaniyang dila ay kalikuan at kasamaan.**
**8 Siya'y nauupo sa mga pinakasulok na dako ng mga nayon;**
**sa mga kubling dako ay pinapatay niya ang walang sala;**
**ang kaniyang mga mata ay natititig laban sa walang nagkakandili.**
**9 Siya'y bumabakay sa kubli, na parang leon sa kaniyang lungga;**
**siya'y nagaabang upang hulihin ang dukha;**
**hinuhuli niya ang dukha, pagka kaniyang dinadala siya sa silo niya.**
**10 Siya'y naninibasib, siya'y nagpapakaliit,**
**at ang mga walang nagkakandili ay nangahuhulog sa kaniyang mga malakas.**
**11 Sinasabi niya sa kaniyang puso: ang Diyos ay nakalimot;**
**kaniyang ikinukubli ang kaniyang mukha, hindi na niya makikita kailan man.**

**10:5-11** Ang istropang ito ay inilalarawan ang tila kawalang katarungan ng buhay. Ang masasama ay nagtatagumpay at ang matuwid ay nagdurusa! Ang katulad na isyu ay ipinahayag sa aklat ng Job, Awit 73, at Habakkuk. Ang masasama ay itinatangi bilang:

1. anatag sa lahat ng panahon – ang PANDIWA (BDB 298 II, KB 311, *Qal* DI-GANAP) sa literal ay "maging matatag," ngunit ginamit sa kaunawaan ng kayamanan, cf. Genesis 34:29; Bilang 31:9; Deuteronomio 8:17,18; Job 5:5; 15:29; 20:15,18; 31:25; Awit 49:6,10; 62:10; 73:12; Isaias 8:4; 10:14; 30:6; 60:5; 61:6; Mikas 4:13
2. tinutuya ang kanyang mga kaaway – BDB 806, KB 916, *Hiphil* DI-GANAP, ang kaunawaang ito ay matatagpuan lamang dito ngunit ang salitan ay kadalasang ginamit ng mga sinungaling sa Kawikaan (cf. Kawikaan 6:19; 14:5,25; 19:5,9)
3. Hindi ako makikilos – BDB 556, KB 555, *Niphal* DI-GANAP na kahulugan sa aking kalalagayan ng kasaganahan at kaligtasan na hindi magbabago
4. Ang kaniyang bibig ay puno (i.e., ang bibig ay naghahayag ng puso; sinipi ni Pablo ang

talatang ito sa kanyang litanya ng mga teksto sa OT na naghahayag ng pagkapangkalahatan ng pantaong kasalanan, cf. taga-Roma 3:14)
   a. mga panunungayaw
   b. pandaraya
   c. pang-aapi
   d. kalikuan
   e. kasamaan
5. kanyang tinatambangan ang mga walang kasalanan tulad ng isang mabangis na hayop (cf. Awit 10:8-10; Panaghoy 3:10-11)
6. siya ay naniniwala at nagpapahayag ng mismong mga salita ng salmista mula sa v. 1. Ang Diyos ay wala at di nauukol! Ang mga salita ng salmista ay isang pananangis ng pananampalataya, ngunit ito ang mga pagpapahayag ng isang di-mananampalataya (cf. Awit 39:1-2).

**10:5b** Ang linyang ito ng panulaan ay tumutukoy sa Diyos bilang napakalayo at walang kaugnayan (cf. vv. 4b,11).

**10:8 "mga nayon"** Hindi ito umaakma sa konteksto. Binago ng NJB ang mga patinik sa "ng mga nagmamadali" (UBS Text Project, p. 174, ay nagbibigay sa "nayon" ng isang "B" na antas, na nangangahulugang "ilang pagduruda"). Ang NET Bible ay isinalin ito bilang "malapit sa mga nayon" (MT, "sa mga nayon").

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, REB** | **"walang nagkakandili"** |
| **NASB sa gilid** | **"mahirap"** |
| **NKJV, NRSV** | **"walang magawa"** |
| **JPSOA** | **"sawing-palad"** |
| **LXX** | **"nangangailangan"** |

Ang PANG-URING ito (BDB 319, KB 319) ay makikita lamang sa kabanatang ito sa Awit, at tatlong beses lamang sa lahat ng OT. Sa aking palagay, ang lahat ng tatlo paggamit ay tumutukoy sa isang taong sinasalakay.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:12-15**

**12 Bumangon ka, Oh PANGINOON, Oh Diyos, itaas mo ang iyong kamay.**
**huwag mong kalimutan ang dukha.**
**13 Bakit sinusumpa ng masama ang Diyos?**
**at nagsasabi sa kaniyang puso: hindi mo sisiyasatin.**
**14 Iyong nakita; sapagka't iyong minamasdan ang pahirap at pangduduwahagi upang mapasa iyong kamay.**
**ang walang nagkakandili ay napakukupkop sa iyo;**
**ikaw ay naging tagakandili sa ulila.**
**15 Baliin mo ang bisig ng masama: at tungkol sa masamang tao,**
**pag-usigin mo ang kaniyang kasamaan hanggang sa wala ka nang masumpungan.**

**10:12** Ang talatang ito ay inilalarawan ang pagnanakaw (*Qere*) ng isang mabangis na hayop na naghahanap ng makakain.

**10:12-15** Ito ay isang panalangin para sa Diyos na kumilos.
1. bumangon – (BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS) mula sa Iyong trono o bilang isang

Mandirigmang Diyos
2. itaas ang Iyong kamay – BDB 669, KB 724, *Qal* PAUTOS
3. huwag mong kalimutan ang dukha – BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan, cf. Awit 9:12 at 19 na pinag-iba sa Awit 10:11!
4. Baliin mo ang bisig ng masama – BDB 990, KB 1402, *Qal* PAUTOS (i.e., baliin ang kapangyarihan nito/mga masamang tao/mga tao)
5. pag-usigin – BDB 205, KB 233, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan

Ang salmista ay ninanais na kumilos ang Diyos para sa kapakanan ng matapat na mananampalataya upang ipakita sa di-mananampalataya ang kanyang kahangalan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:16-18**
**16Ang PANGINOON ay Hari magpakailan-kailan man;**
**Ang mga bansa ay nalilipol sa kaniyang lupain.**
**17PANGINOON, iyong narinig ang nasa ng mga maamo;**
**iyong ihahanda ang kanilang puso, iyong pakikinggan ng iyong pakinig**
**18Upang hatulan ang ulila at ang napipighati,**
**upang huwag nang makapangilabot ang tao na taga lupa.**

**10:16-18** Ang istropang ito ay nagpapatibay sa katangian ng Diyos ng Israel, ang Manlilikha, Manunubos na Diyos.
1. si YHWH ay Hari magpakailan man (cf. Exodo 15:18; Awit 9:7; 29:10; 146:10; Jeremias 10:10; Panaghoy 5:19). Para sa "magpakailan man" tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5.
2. ipinagkaloob ni YHWH sa mga Israelita ang lupain ng Canaan (cf. Genesis 15:12-21). Ang pagtuon sa "mga bansa" ay maipagpapatuloy ang kaisipan mula sa Awit 9:17-20.
3. si YHWH ay dumidinig at kumikilos sa kapakanan ng mga mapagpakumbaba/inaaping mananampalataya (pansinin ang GANAP, YHWH ay makikinig at nakikinig).
4. si YHWH ay kumikilos sa kapakanan ng walang kapangyarihan at mahihina sa lipunan (i.e., ipinapakita ang Deuteronomio).
5. tatanggalin ni YHWH ang mga mayayabang na di-mananampalataya at sa kanyang mga gawa sa ang mundo.

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel sa Awit 9:10b.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Inilalarawan ba ng talata 4 ang isang ateista?
2. Ano ang iginigiit ng tao sa talata 6?
3. Ano ang iginigiit ng tao sa mga talata 11 at 13b?

4. Paano nauugnay ang talata 18 sa Deuteronomio?

# AWIT 11

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang PANGINOON, isang Kanlungan at Tanggulan | Pananampalataya sa Katuwiran ng PANGINOON | Pagtitiwala sa Pagmamalasakit ng Diyos para sa Katarungan | Pagtitiwala sa PANGINOON | Ang Pagtitiwala ng mga Matutuwid |
| <u>Panimula sa MT</u> | | | | |
| "Para sa Pinunong Mang-aawit. salmo ni David" | | | | |
| 11:1-3 | 11:1-3 | 11:1-3 | 11:1-3 | 11:1 |
| | | | | 11:2-3 |
| 11:4-7 | 11:4-6 | 11:4-7 | 11:4-5 | 11:4 |
| | | | | 11:5-6 |
| | | | 11:6-7 | |
| | 11:7 | | | 11:7 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:1-3**
**1Sa PANGINOON ay nanganganlong ako;**
**ano't inyong sinasabi sa aking kaluluwa,**
**tumakas ka na gaya ng isang ibon sa iyong bundok;**
**2Sapagka't, narito, binalantok ng masama ang busog,**
**kanilang inihahanda ang kanilang palaso sa bagting**

**upang kanilang mapahilagpusan sa kadiliman ang matuwid sa puso.**
**3Kung ang mga patibayan ay masira, anong magagawa ng matuwid?"**

**11:1 "nanganganlong"** Tingnan ang mga tala sa Awit 2:12; 5:11. Ito (BDB 340, KB 337, *Qal* GANAP) ay isang kahanga-hangang paulit-ulit na talinghaga ng pagkalinga at kaligtasan (cf. Awit 34:22; 37:40; Ezekiel 7:15-16).

Ang mga tagapayo ni David (o mga kaaway) ang nagsabing, "tumakbo" (v. 1b), ngunit sinabi ni David, "bakit tatakbo?" (vv. 1a, 2-3). Ang Diyos ay ating kanlungan at nalalaman Niya kung ano ang ating pinagdadaanan. Siya ay kasama natin at para sa atin. Tingnan natin Siya at hindi ang mga pangyayari!

▣ **"tumakas ka na gaya ng isang ibon sa iyong bundok"** Ang MT ay mayroong PANGMARAMIHAN (BDB 626, KB 678, *Qal* PAUTOS), ngunit ang *Qere* na pagbasa ay PANG-ISAHAN.

Ito ay tila ang masasama (i.e., PANGMARAMIHANG PANDIWA) ay nagpapahayag sa matapat na lumisan sa pagkalinga ni YHWH (i.e., "kanlungan" at "bundok" ay magkaagapay, cf. Awit 121:1). Ang pariralang ay, samakatuwid, isang panunuya.

Ang UBS *Handbook* ay sinabing ang mga talata 1 at 4 makikita sa templo at, samakatuwid, ito ay ang mga kaibigan/ kasamang mananamba ng salmista na tumatawag sa kaniya na lumayo sa pananahimik sa isang ilang na muog.

Sa aking palagay, "ang mga saligan" ng Awit 11:3 ay magkaagapay din sa "kanlungan" at "mga bundok." Sila ay tumutukoy sa presensya at katotohanan ni YHWH (cf. Awit 87:1; 119:152) kasama ng Kanyang mga tao, na itinatanggi ng masasama.

**11:2-3** Maaaring makita ang mga talatang ito sa dalawang paraan.
1. ang payo ng (isang) masasama o (b) mga kaibigan sa pagsamba na nagpapatuloy sa v. 3
2. ang salmista ay sinasagot silang tumatawag sa kaniya na tumakas sa v. 1b

**11:2** Ito ay inilalarawan ang malisyosong pagkilos at mga plano ng masasama.
1. binalantok ang busog – BDB 201, KB 131, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 7:12; 37;14
2. inihanda ang kanilang palaso – BDB 465, KB 464, *Polel* GANAP NA, cf. Awit 64:3
3. mapahilagpusan – BDB 434, KB 436, *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN, cf. Awit 64:6

▣ **"ang matuwid sa puso"** Walang di-nagkakasalang mga tao. Gayunman, mayroong maliwanag na dalawang uri.
1. silang naghahanga kay YHWH at namumuhay upang malugod Siya
2. silang nabubuhay para sa kanilang mga sarili na para bagang walang kasunduan o Diyos ng kasunduan

**11:3** Ang pag-asa lamang ng matuwid na tao ay ang katotohanan at presensya ni YHWH. Siya lamang pinanggalingan ng tulong! Kung walang Diyos (cf. Awit 10:4; 14:1; 36:1) ngayon, ang matapat na tagasunod ay mangmang, ngunit kung mayroong isang wastong Manlilikha sa harapan ng lahat ng may kamalayang buhay ay dapat na haharap at magbibigay ng isang pagsusulit (cf. v. 4b-f), ngayon ang masuwayin, masasama, makasariling tao (paganong o Israelita) ay mangmang!

Mayroong isang posibilidad na ang pangalawang linya ng v. 3 ay tumutukoy sa Diyos (i.e., "ang Siyang Matuwid," cf. AB, p. 69, at talababa ng Jewish Study Bible, p. 1294). Tingnan ang Awit 11:5, kung saan si YHWH at matuwid (BDB 843) ay maaaring na nasa pakikilaban; kapwa ay mga titulo para sa Diyos ng Israel.

▣ **"mga patibayan"** Ang etimolohiya salitang/salitang-ugat na ito, שׁת (BDB 1011, KB 1666-1667).

Ito ay isang hindi karaniwang salitang ngunit pinagkasunduan na ito ay tumutukoy sa mga pangkasunduan kautusan. Ang KB ay mayroong mga pinakahuling panpantas na panukala.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:4-7**

**[4]Ang PANGINOON ay nasa kaniyang banal na templo; ang Panginoon, ang kaniyang luklukan ay nasa langit;**
**ang kaniyang mga mata ay nagmamalas, ang kaniyang mga talukap-mata ay nagmamasid,**
**sa mga anak ng mga tao.**
**[5]Sinusubok ng PANGINOON ang matuwid; nguni't ang masama,**
**at ang umiibig ng pangdadahas ay kinapopootan ng kaniyang kaluluwa.**
**[6]Sa masama ay magpapaulan siya ng mga silo;**
**apoy at asupre at nagaalab na hangin ay magiging bahagi ng kanilang saro.**
**[7]Sapagka't ang PANGINOON ay matuwid; minamahal niya ang katuwiran;**
**Mamasdan ng matuwid ang kaniyang mukha.**

**11:4-7** Ang istropang ito ang sumasagot sa ipinapahiwatig na tanong ng masasama sa Awit 11:1b. Habang ito ay nangyayari, "ang mga patibayan" ng v. 3b ay hindi nawasak!

**11:4** Si YHWH ay nanananahan sa kalangitan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 8:1), ngunit Kaniyang ipinapahayag ang Kanyang sarili (i.e., makes Kanyang sarili available) sa pagitan ng mga pakpak ng *Cherubim* sa ibabaw ng arko ng kasunduan (cf. Isaias 66:1). Ang langit at lupa ay nagtatagpo sa Pinakabanal ng templo sa Herusalem.

**11:4b-5a** Nalalaman ni YHWH (MGA DI-GANAP na nagpapakilala katangian ng mga pagkilos)

1. kung ano ang nangyayari mundo
2. ang mga motibo ng pantaong puso

Siya ang sumusubok (BDB 103, KB 119, *Qal* DI-GANAP, cf. Job 7:18; Awit 7:9; 26:2; 139:1,23) sa mga kasalanan ng mga tao (*ben Adan*), kapwa ang matuwid at ang masasama. Tinala ng NT ang pangyayari sa Mateo 12:36-37; 16:27; 25:31-46; Mga Gawa 10:42; taga-Roma 2:16; 14:10,12; 1 Pedro 4:5; at Pahayag 20:11-15. Ang pagsubok ng Diyos ay kapwa sa panahon (pansamantala) at lagpas sa panahon (eskatolohiko). Kadalasang inaani natin sa buhay na ito ang ating ininanim, ngunit kung hindi, isang araw ay darating!

**NATATANGING PAKSA: SINUSUBOK NG DIYOS ANG KANYANG BAYAN**

Ang terminong "pagsubok" (BDB 650, KB 702, *Piel* GANAP NA) ay ginamit sa isang kaunawaan na "subukin." Ito ay ginamit sa isang kaunawaan ng pagdadala ng sinuman sa lugar na kanilang kikilalanin at pagkilos sa kanilang sariling inihayag na mga prayoridad. Ito ay maliwanag mula sa Genesis 12 hanggang sa 22 na ang Diyos ay ipinapakilala kay Abraham na may isang kalipunan ng mga kalagayan (ang mga rabbi ay sinabing sampu) upang ituon ang kanyang pag-ibig at pagtitiwala sa Diyos at Diyos lamang. Ang mga pagsubok na ito ay hindi lubusang para sa kapakanan ng Diyos, ngunit para sa kapakanan ni Abraham at kanyang pagkaunawa ng Diyos na tumawag sa kanya palayo ng Ur ng ang Chaldeo. Si Abraham ay hiniling na isuko ang kanyang pamilya, tahanan, mga kaibigan, mana, tradisyon at kahit na ang hinaharap (kanyang pinangakong anak) upang sumunod sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. Sinusubok ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga anak sa larangan ng kanilang prayoridad (cf. Mateo 4:lff; Hebreo 5:8; 12:5-13).

Nanunubok ang Diyos (BDB 650) upang makakilala (BDB 393). Ang Israel ay kadalasang sinusubok ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang di-pagsunod at papatunayan ang Diyos ay totoo sa

Kanyang salita. Ngayon, ang Diyos ay bibigyan ng pagkakataon ang Israel at kaniyang mga tao ng isang pagkakataon upang ipamalas ang kanilang isinawikang katapatan at pananampalataya.

1. Sinusubok ng Diyos ang Kanyang mga tao sa pangkalahatan
   a. Exodo 15:25; 16:4; 20:20
   b. Deuteronomio 8:2,16; 13:3
   c. Hukom 2:22; 3:1,4
2. Sinusubok ng Diyos ang mga indibidwal na Israelita
   a. Abraham, Genesis 12:1-12
   b. Hezekiah, 2 Cronica 32:31
3. Ang mga manunulat ng Awit ay tumatangis para sa Diyos na subukan sila upang matanggal ang anumang ikinubling mga kasiraan (cf. 26:2; 139:23).
4. Ang mga tao ng Diyos sa NT ay kapws sinusok din, gaya kay Hesus (Mateo 4; Lucas 4; Hebreo 5:8).

**NATATANGING PAKSA: SA ARAW NA ITO**

Ang pariralang ito, "sa loob ng araw na ito" o "sa araw na ito," ay isang paraan para sa mga ikawalong siglong propeta na magsalita sa pagdalaw ng Diyos (sa harapan), kapwa para s paghuhukom o pagpapanumbalik

| **Osea** | | **Amos** | | **Mikas** | |
|---|---|---|---|---|---|
| positibo | negatibo | positibo | negatibo | positibo | negatibo |
| 1:11 | 1:5 | | 1:14(2) | | 2:4 |
| | 2:3 | | 2:16 | | 3:6 |
| 2:15 | | | 3:14 | 4:6 | |
| 2:16 | | | 5:18(2) | | 5:10 |
| 2:21 | | | 5:20 | | 7:4 |
| | 5:9 | | 6:3 | 7:11(2) | |
| | 7:5 | | 8:3 | 7:12 | |
| | 9:5 | | 8:9(2) | | |
| | 10:14 | | 8:10 | | |
| | | 9:11 | 8:13 | | |

Ang huwarang ito ay karaniwan sa mga propeta. Ang Diyos ay kikilos laban sa kasalanan sa takdang panahon, ngunit Siya rin ay nag-aalok ng isang araw ng pagsisisi at kapatawaran sa mga nagbago ng kanilang mga puso at mga pagkilos! Ang layunin ng Diyos sa pagtutubos at pagpapanumbalik ay maisasakatuparan! Siya ay magkakaroon ng mga tao na magpapakita ng Kanyang katangian. Ang layunin ng paglilikha (ang pagsasama sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan) ay maisasakatuparan!

**11:5 "kinapopootan ng kaniyang kaluluwa"** Ito ay antropomorpikong wika. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:4-6. Tingnan ang Exodo 15:9; Isaias 1:14; Jeremias 5:9,29; 6:8; 9:9; 32:41; Ezekiel 23:18 para sa katulad na paggamit ng *nephesh* (BDB 659, tingnan ang tala sa Awit 3:2).

Ito ay maaari na ang talatang ito ay may kaugnayan lamang sa masasama at "ang matuwid" ay isang titulo para sa Diyos (cf. Awit 11:3b). Kung ganoon, si YHWH at "ang Siyang Banal" ay sa paglalagay (cf. 11:3b, 7a).

Ang OT ay nagtala maraming mga bagan na kinapopootan ni YHWH.

1. pagsamba sa diyus-diyosan – Deuteronomio 12:31; 16:22; Jeremias 44:4; Osias 9:15
2. lahat ng gumagawa ng kalikuan – Awit 5:5

3. siyang umiibig sa karahasan – Awit 11:5
4-9. tingnan ang tala sa Kawikaan 6:10-19 (tingnan din ang Zacarias 8:16-17)
10. ang bulaan, paimbabaw na pagsamba ng Israel – Isaias 1:14; Amos 5:1; 6:8
11. paghihiwalay (diborsyo) – Malakias 2:16

**11:6**
**NASB, NKJV,**
**NRSV, NJB,**
**LXX** **"magpapaulan siya"**
**NET Bible** **"Nawa ay magpaulan ang Panginoon"**

Ang PANDIWA (BDB 565, KB 574) ay isang PANGKAUTUSANG na isinaling tama ng NET Bible at ang Anchor Bible, ngunit ang ibang mga salin ay ipinagpapalagay na ito ay PANGKAUTUSAN sa anyo ngunit hindi sa kahulugan.

**NASB, MT,**
**LXX** **"mga silo"**
**NASB sa gilid** **"mga uling ng apoy"**
**NKJV, NRSV,**
**TEV, NJB,**
**JPSOA** **"mga uling"**

Ang konteksto ay tila hinihingi ang isang pag-aayos mula sa "mga silo," חיםפ (BDB 809) patungong "mga uling," ימחפ (BDB 809). Ang UBS Text Project ay binibigyan ang "mga silo" ng isang "B" na antas.

**11:6b** Ito ba ay tumutukoy sa
1. hayperbolikong patulang paglalarawan tungkol sa mga pangyayari ng buhay na ito
2. ang katotohanan ng kahatulan sa kabilang buhay (cf. Deuteronomio 32:22)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay? sa Awit 1:6.

▣ **"apoy"** Ito ay isang paulit-ulit na talinghaga ng kahatulan at paglilinis.

**NATATANGING PAKSA: APOY**

Ang apoy ay mayroong kapwa paayon at pasalungat na kahalugan sa Kasulatan.

A. Paayon (positibo)
   1. nagpapainit (cf. Isaias 44:15; Juan 18:18)
   2. nagbibigay liwanag (cf. Isaias 50:11; Mateo 25:1-13)
   3. nakakaluto (cf. Exodo 12:8; Isaias 44:15-16; Juan 21:9)
   4. nagpapadalisay (cf. Bilang 31:22-23; Kawikaan 17:3; Isaias 1:25; 6:6-8; Jeremias 6:29; Malakias 3:2-3)
   5. kabanalan (cf. Genesis 15:17; Exodo 3:2; 19:18; Ezekiel 1:27; Hebreo 12
   6. pangunguna ng Diyos (cf. Exodo 13:21; Bilang 14:14; I Hari 18:24)
   7. pagpapalakas ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:3)
   8. pangangalaga (cf. Zacarias 2:5)

B. Pasalungat (negatibo)
   1. nagsusunog (cf. Josue 6:24; 8:8; 11:11; Mateo 22:7)
   2. sumisira (cf. Genesis 19:24; Levitico 10:1-2)
   3. galit (cf. Bilang 21:28; Isaias 10:16; Zacarias 12:6)
   4. kaparusahan (cf. Genesis 38:24; Levitico 20:14; 21:9; Josue 7:15)

5. huwad na eskatolohikal na tanda (cf. Pahayag 13:13)

C. Ang galit ng Diyos laban sa kasalanan ay ipinapakita sa apoy na mga talinghaga
1. Ang Kanyang galit ay nakakasunog (cf. Osea 8:5; Zepanias 3:8)
2. Siya ay nagbubuhos ng apoy (cf. Nahum 1:6)
3. walang hanggang apoy (cf. Jeremias 15:14; 17:4)
4. eskatolohikal na paghahatol (cf. Mateo 3:10; 13:40; Juan 15:6; II Thesalonica 1:7; II Pedro 3:7-10; Pahayag 8:7; 16:8)

D. Gaya ng maraming mga talinghaga sa Bibliya (i.e., lebadura, leon) ang apoy ay maaring pagpapala o isang sumpa depende sa konteksto.

▣

**NASB, NKJV** **"nagaalab na hangin"**
**NRSV,**
**TEV,**
**NJB, JPSOA,**
**REB** **"nakakapasong hangin"**
**LXX** **"isang hangin ng sigwa"**
**NET** **"ipo-ipo"**

Ito ay hindi karaniwang termino (BDB 273) na nangangahulugang "init." Ito ay ginamit sa
1. Awit 11:6 – paglalarawan ng hangin
2. Awit 119:53 – bilang nag-aapoy na galit
3. Panaghoy 5:10 – bilang nasusunog na taggutom

Ang pagkahulugang tanong ay, "Ang termino bang ito ay itinutuloy ang kalipunan ng MGA PANGNGALAN (BDB 809, 77, 172, cf. Job 1:16) o nagsisimula ng isang bagong talinghaga?"
1. mapaminsalang ipo-ipo (cf. Awit 58:9; Kawikaan 1:27; Osias 8:7; Amos 1:14; Nahum 1:3)
2. mainit na hanging disyerto (cf. Awit 90:56; 103:15-16)

▣ **"kanilang saro"** Ito ay isang Hebreong wikain para sa kahahantungan ng isang tao, kadalasang negatibo (cf. Awit 75:8, ngunit paminsan-minsan ay positibo, cf. Awit 16:5). Ito ay maiuugnay sa pagkalasing (cf. Isaias 51:17; Jeremias 25:15).

Ito ay katulad na wikain na ginamit ni Hesus sa
1. Mateo 20:22; Marcos 10:38,39
2. Mateo 26:39,42; Marcos 14:36; Lucas 22:42
3. Juan 18:11

**11:7** Si YHWH ay makikilala bilang matuwid (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5, cf. Exodo 9:27; Ezra 9:15; Nehemiah 9:8; Awit 119:137; Jeremias 12:1; Panaghoy 1:18; Juan 17:25; Pahayag 16:5,7).

Ang ilan sa mga pagkilos ng matuwid Diyos ay:
1. Kaniyang sinusubok ang mga puso ng tao – Awit 7:9; 11:5; Jeremias 20:12
2. Siya ay humahatol sa katuwiran – Awit 7:11
3. Kaniya iniibig ang katuwiran – Awit 11:7; 33:5; 146:8
4. Siya ay mapagbiyaya at matuwid – Awit 116:5
5. Kaniyang pinuputol ang mga lubid ng masasama – Awit 129:4
6. Siya ay matuwid sa lahat ng Kanyang mga lakad – Awit 145:7; Daniel 9:14

**11:7b "Mamasdan ng matuwid ang kaniyang mukha"** Ang isa ay namamangha kung ito ang pinanggalingan ng mga salita ni Hesus sa Mateo 5:8. Ang Diyos ay banal (Levitico 19:2; Mateo 5:48). Walang makakatingin sa Diyos at mabubuhay (i.e., Exodo 33:11,17-23), ngunit silang ipinahayag na

matuwid sa Kaniya/Hesus ay magkakaroon na napakalapit na pagsasama-sama sa pagka-Diyos (cf. Job 19:25-27; 27:4; Awit 17:15; Mateo 5:8; 1 Juan 3:2)!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang ibig-sabihin ng "kumuha ng kanlungan"?
2. Ipaliwanag ang talata 3 sa iyong sariling mga salita.
3. Mula sa talata 4, nasaan si YHWH, sa kalangitan o sa templo?
4. Sinusubukan ba ni YHWH mga tao (v. 5)?
   Paano at bakit?

# AWIT 12

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Diyos na Tumutulong laban sa Manlilinlang | Ang Panlilinlang ng Tao at Katapatan ng Diyos | Panalangin para sa Pagpapamula sa Personal na mga Kaaway (Isang Panaghoy) | Panalangin para sa Paghingi ng Tulong | Laban sa Mapanlinlang na Mundo |
| <u>Panimula sa MT</u> "Para sa Pinunong Mang-aawit; sa isang walong-kuwerda na lira. Isang salmo ni David" | | | | |
| 12:1-5 | 12:1-2 | 12:1-2 | 12:1-2 | 12:1-2 |
| | 12:3-5 | 12:3-4 | 12:3-4 | 12:3-5 |
| | | 12:5-6 | 12:5 | |
| 12:6-8 | 12:6-7 | | 12:6 | 12:6 |
| | | 12:7-8 | 12:7-8 | 12:7-8 |
| | 12:8 | | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:1-5**
**[1]Tumulong ka, PANGINOON, sapagka't ang banal na tao ay nalilipol,**
**sapagka't nagkukulang ng tapat sa gitna ng mga anak ng mga tao.**
**[2]Sila'y nangagsasalitaan bawa't isa ng kabulaanan, sa kanikaniyang kapuwa;**

**na may mapanuyang labi, at may giring pulang puso na nangagsasalita.**
**3 Ihihiwalay ng PANGINOON, ang lahat na mapanuyang labi,**
**ang dila na nagsasalita ng mga dakilang bagay;**
**4 Na nagsipagsabi, sa pamamagitan ng aming dila ay magsisipanaig kami;**
**ang aming mga labi ay aming sarili: sino ang panginoon sa amin?"**
**5 "Dahil sa pagsamsam sa dukha, dahil sa buntong hininga ng mapagkailangan,**
**titindig nga ako, sabi ng Panginoon; "ilalagay ko siya sa kaligtasang kaniyang pinagmimithian."**

**12:1 "Tumulong ka, PANGINOON"** Ano isang makapangyarihang pagdaing sa paghingi ng tulong (BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS). Sa OT, ang terminong ito ay mayroong implikasyon sa pisikal na pagpapalaya ngunit sa NT kinukuha nito ang pagbibigay-diin sa espirituwal na kaligtasan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang kaligtasan sa OT sa Awit 13:5-6.

Kadalasang kong naiisip kung paanong napakalungkot sa isang tao na maging pisikal na napalaya (i.e., kalusugan, digmaan, pananalapi) ngunit hindi natagpuanang kaligayahan at pakinabang ng espirituwal na pagpapalaya! Sa NT, ang pagpapagaling ay hindi palaging nagdudulot ng isang espirituwal na pagbabago. Ang pinakakailangan ng tao ay Diyos, hindi pagbabago sa mga pangyayari!

▣ **"sapagka't ang banal na tao ay nalilipol"** Pansinin ang pagtutulad (paralelismo) sa pagitan ng unang linya at ika-2 linya. Sila ay kapwa nagpapahayag ng kamatayan ng matapat na mga tagasunod. Ito ay isang pangkalahatang panaghoy, bagamat ang LXX ay mayroong "ako" sa 12:1-2.

Para sa "katapatan" (BDB 52 I) tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: MANIWALA, MAGTIWALA, PANANAMPALATAYA, AT KATAPATAN SA LUMANG TIPAN (אמן)**

I. Paunang Pahayag

Kailangan banggitin na ang paggamit ng teolohikong pagkaunawa, ay napakahalaga sa NT, hindi ito malinaw na binigyan kahulgan sa OT. Ito ay tiyak na nandoon, ngunit iponakita sa ilang mga talata at mga katauhan.

Ang paghahalo sa OT

A. ang pangsarili at panlipunan
B. ang personal na pagtatagpo at pangkasunduang pagsunod

Ang pananampalataya ay kapwa personal na pagtatagpo at pang-araw-araw na pamumuhay! Mas madaling ilarawan ang isang tao kaysa sa *lexical* na anyo. (i.e.,pag-aaral ng salita). Ang pangsariling aspeto ay pinakamahusay na mailalarawan kina

A. Abraham at ang lipi
B. David at Israel

Ang mga lalaking ito ay nasumpungan/ natagpuan ang Diyos at kanilang mga buhay ay pamalagiang nabago (hindi sakdal na mga buhay, ngunit nagpapatuloy sa pananampalataya). Ang pagsubok ay nagpapakita ng mga kahinaan at mga kalakasan ng kanilang pananampalataya sa pagtatagpo sa Diyos, ngunit ang malalim, mapagkakatiwalaang pakikipag-ugnayan ay magpapatuloy sa mahabang panahon! Ito ay sinubok at pinadalisay, ngunit itoy nagpatuloy bilang katunayan ng kanilang debosyon at lakad ng buhay.

II. Pangunahing Salitang-ugat na ginamit

A. אמן (BDB 52)

1. PANDIWA

a. *Qal* na tangkay – sumuporta, palusugin (i.e., II Hari 10:1,5; Ester 2:7, ang di-

teolohikong pagkakagamit)

b. *Niphal* na tangkay – siguruhin o patatagin, pagtibayin, patunayan, maging tapat o katiwa-tiawala
   (1) Sa tao, Isaias 8:2; 53:1; Jeremias 40;14
   (2) Sa mga bagay, Isaias 22:23
   (3) sa Diyos, Deuteronomio 7:9,12; Isaias 49:7; Jeremias 42:5

c. *Hiphil* ang tangkay – tumayo ng matatag, maniwala, magtiwala
   (1) Naniwala si Abraham sa Diyos, Genesis 15:6
   (2) ang mga Israelita sa Ehipto ay naniwala Exodo 4:31; 14:31 (nawala sa Deuteronomio 1:32)
   (3) ang mga Israelita ay naniwala kay YHWH na nagsalita sa pamamagitan ni Moises, Exodo 19:9; Awit 106:12,24
   (4) Si Ahaz ay hindi nagtiwala sa Diyos, Isaias 7:9
   (5) kung sinoman ang maniwala sa bagay/kanya, Isaias 28:16
   (6) naniwala sa mga katotohanang tungkol sa Diyos Isaias 43:10-12

2. PANGNGALAN (PANLALAKI) – katapatan (i.e., Deuteronomio 32:20; Isaias 25:1; 26:2)
3. PANG-ABAY – tunay nga, sa katotohanan, ako ay sumasang-ayon, maaring ito na nga (cf. Deuteronomio 27:15-26; I Hari 1:36; I Chronika 16:36; Isaias 65:16; Jeremias 11:5; 28:6). Ito ay ang liturhikong gamit ng "amen" sa mga OT at NT.

B. אמח (BDB 54) PAMBABAE PANGNGALAN, katatagan, katapatan, katotohanan
   1. ng tao, Isaias 10:20; 42:3; 48:1
   2. ng Diyos, Exodo 34:6; Awit 117:2; Isaias 38:18,19; 61:8
   3. ng katotohanan, Deuteronomio 32:4; I Hari 22:16; Awit 33:4; 98:3; 100:5; 119:30; Jeremias 9:4; Zacarias 8:16

C. אמונה (BDB 53), katotohanan, pagiging matibay, katumpakan
   1. ng mga kamay, Exodo 17:12
   2. sa mga panahon, Isaias 33:6
   3. sa sangkatauhan, Jeremias 5:3; 7:28; 9:2
   4. ng Diyos, Awit 40:11; 88:12; 89:2,3,6,9; 119:138

III. Ang paggamit ni Pablo ng kaunawaang ito ng OT
   A. Si Pablo ay nagbatay ng kanyang pagkakaunawa ni YHWH at ang OT sa kanyang personal na pagtatagpo kay Hesus sa landas sa Damasco (cf. Gawa 9; 22; 26).
   B. Natagpuan niya ang tulong ng OT sa kanyang bagong pagkakaunawa sa dalawang susing OT na talata na gumamit ng salitang-ugat na אמן.
      1. Genesis 15:6 – Ang personal na pagtatagpo ni Abraham na sinimulan ng Diyos (Genesis 12) na nagbunga sa masunuring buhay pananampalataya (Genesis 12-22). Binanggit ni Pablo ito sa taga-Roma 4 at taga-Galacia 3.
      2. Isaias 28:16 – yaong mga naniwala dito ay (i.e., Ang Diyos ay nagsubok at matatag na naglagay ng patibayang bato) ay hindi kailanman
         a. taga-Roma 9:33, "mailalagay sa kahihiyan" o "mabigo"
         b. taga-Roma 10:11, kagaya nang nasa itaas
      3. Habakuk 2:4 – yaong mga nakakilala sa tapat na Diyos ay dapat na mamuhay ng tapat na buhay (cf. Jeremias 7:28). Si Pablo ay gumamit ng talatang ito sa Roma 1:17 at Galacia 3:11 (tingnan din sa Hebreo 10:38).

IV. Ang paggamit ni Pedro ng kaunawaang ito ng OT
   A. Pinagsama ni Pedro
      1. Isaias 8:14 – I Pedro 2:8 (batong katitisuran)
      2. Isaias 28:16 – I Pedro 2:6 (patibayang bato)

3. Awit 111:22 – I Pedro 2:7 (batong itinakwil)

B. Ibinaling niya ang natatanging wika na naglalarawan sa Israel, "ang piniling lahi, ang maharalikang pagkasaserdote, ang banal na bayan, ang tao para sa sariling pag-aari ng Diyos" mula sa
   1. Deuteronomio 10:15; Isaias 43:21
   2. Isaias 61:6; 66:21
   3. Exodo 19:6; Deuteronomio 7:6

   at ngayon ay ginagamit ito para pananampalataya ng iglesya kay Kristo

V. Ang paggamit ni Juan ng konsepto

A. Ang pagkakagamit sa NT

Ang katagang "naniwala" ay nagmula sa Griyegong katagang (*pisteuō*). na maaring maisalin sa "maniwala," manampalataya," o " magtiwala." Halimbawa, ang PANGNGALAN ay hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginamit. Sa Juan 2:23-25 mayroon hindi tiyak sa pagiging tunay ng mga pangako ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang isang Mesias. Ibang mga halimbawa ng mapa-imbabaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa mga Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

B. Ang paggamit nito na may MGA PANG-UKOL
   1. *eis* na nangunguhulang "sa." Ang natatanging pagkabuo na ito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
      a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
      b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45, 48; 17:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; taga-Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
      c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
      d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
      e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; taga-Galacia 2:16)
      f. sa Liwanag (Juan 12:36)
      g. sa Diyos (Juan 14:1)
   2. *en* na nangangahugang "nasa" gaya ng sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14
   3. *epi* na nangangahulugang "sa" or "sa ibabaw," gaya ng sa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5, 24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
   4. ang DATIBONG KALAGAYAN na walang PANG-UKOL gaya ng sa taga-Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
   5. *hoti,* na nangangahulugang "paniwalaang ang," nagbibigay ng nilalaman ng kung ano ang paniniwalaan
      a. Si Hesus ay ang Nag-iisang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
      b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
      c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
      d. Si Hesus ay ang Mesias (Juan 11:27; 20:31)
      e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
      f. Si Hesus ay ipinadala ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
      g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
      h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
      i. Si Hesus ay kinilala ang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, "Ako nga" (Juan 8:24; 13:19)
      j. Tayo ay mamumuhay ng kasama Niya (taga-Roma 6:8)
      k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I taga-Thesalonica 4:14)

VI. Buod

Ang Biblikal na pananampalataya ay isang makataong pagtugon sa Banal na salita/pangako. Ang Diyos ay palaging nagsisimula (i.e., Juan 6:44,65), ngunit bahagi ng Banal na pakikipag-usap ay ang pangangailangan na ang sangkatauhan ay tumugon.

A. pagtitiwala
B. pagtalima ayon sa kasunduan

Ang Biblikal na pananampalataya ay

1. isang personal na kaugnayan (panimulang pananampalataya)
2. ang paninindigan sa Biblikal na katotohanan (pananampalataya sa kapahayagan ng Diyos)
3. ang angkop na mapagtalimang pagtugon (pang-araw-araw na pananampalataya)

Ang Biblikal na pananapalataya ay hindi tiket sa langit o patakarang pagsisiguro. Ito ay personal na ugnayan. Ito ang layunin ang paglilikha at mga taong na ginawa ayon sa larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27) ng Diyos. Ang usapin ay "pagiging malapit." Ninanais ng Diyos ang pakikipagsalamuha, hindi ang isang panindigan teolohikal! Ngunit ang pakikisalamuha kasama ang banal na Diyos ay nangangailang ang mga anak ay magpakita ng "pampamilyang" katangian (i.e., kabanalan, cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48; I Pedro 1:15-16). Ang Pagbagsak (cf. Genesis 3) nakaapekto sa ating kakayahan na tumugon ng angkop. Samakatuwid, Kumilos ang Diyos para sa atin (cf. Ezekiel 36:27-38), binigyan tayo ng "bagong puso" at "bagong espiritu," kung saan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi, tayo ay nagkaroon ng pakikisalamuha ang pagsunod sa Kanya!

Lahat ng tatlong ito ay napakamahalaga. Ang lahat ng tatlo ay dapat mapanatili. Ang layunin ang makilala ang Diyos (kapwa Hebreo at Griyegong mga kaunawaan) at ipakita ang Kanyang katangian sa ating mga buhay. Ang tunguhin ng ating pananampalataya ay hindi ang langit balang-araw, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo araw-araw!

Ang pananampalataya ng tao ay ang bunga (NT), hindi ang batayan (OT) ng ating pakikipag-ugnayan sa Diyos: ang pananampalataya ng tayo ay ang Kanyang katapatan; ang pagtitiwala ng tao ay ang Kanyang pagiging mapagkakatiwalaan. Ang puso ng pananaw ng NT sa kaligtasan ay ang mga tao ay dapat may panimulang pagtugon at nagpapatuloy upang simulan ang biyaya at awa ng Diyos, na napakita sa kay Kristo. Siya ay minahal, Siya ay ipinadala, Siya ang naglaan; kailangan tayong tumugan nang may pananampalataya at katapatan (cf. taga-Efeso 2:8-9 at 10)!

Ang matapat ng Diyos ay nais ng matatapat ng tao upang ihayag ang Kanyang sarili sa isang mundong walang pananampalataya at dalhin sila sa personal na pananampalataya sa Kanya.

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV** **"nagkukulang"**
**LXX, NJB,**
**JPSOA, REB** **"nawawala"**

Ang "ay malilipol" ng unang linya ay magkaagapay sa salitang ito (BDB 821 II), na matatagpuan lamang dito sa OT. Ang ilan ay nagmumungkahi ng iba't-ibang salitang-ugat na (BDB 67) matatagpuan sa Isaias 16:4.

Ang UBS Text Project (p. 177) ay nag-aalok ng dalawang paraan upang maunawaan ang PANDIWANG ito.

1. ang kanilang bilang ay malaking nabawas (LXX)
2. sila ay lubusang nawala (cf. v. 1a at v. 3a)

**12:2-4** Pansinin ang paksa ng "pagsaalita" (i.e., labi, dila). Ang bulaang mensahe ng pakunwaring tao ay pinag-iiba sa tunay na mensahe ng kapahayagan ni YHWH (cf. Awit 12:6).

Araw-araw, ang mga mananampalataya ay dapat na linawin kung anong mga mensaheng kanilang narinig ang tunay/bulaan; mula sa nalugmok na sangkatauhan/mula sa Diyos (cf. Deuteronomio 13:1-5; 18:14-22; Mateo 7; 1 Juan 4:1-3)!

**12:2 "nangagsasalitaan ng kabulaanan"** Ito sa literal ay "kawalang-laman" o "kawalang-kabuluhan" (BDB 996). Ang ganitong "kawalang-laman ng pananalita" ay isang paulit-ulit na paksa (cf. Awit 41:6; 144:8,11; Kawikaan 30:9; Isaias 59:4; Ezekiel 13:8-9; Osias 10:4).

Sa ilang mga konteksto, ito ay ginamit sa bulaang patotoo (cf. Exodo 20:16; 23:1; Deuteronomio 5:20) sa hukuman. Sa ibang mga lugar, ito tumutukoy sa mga bulaang propesiya (cf. Panaghoy 2:14; Ezekiel 22:28; Zacarias 10:2).

Isang bagay ang tiyak, ang salitang ito ay naglalarawan ng mga bulaang tagasunod! Ang kanilang mga bibig ay naghahayag ng kanilang salawahang puso (cf. v. 2; Mateo 12:34; 15:18; Marcos 7:20-23; Lucas 6:45; Santiago 3:2-12).

**12:3** Ang salmista ay tumatawag kay YHWH na manahimik (lit. "putulin" – BDB 503, KB 500, *Hiphil* PANGKAUTUSANG) ang

1. mapagmapuring labi (lit. "madulas na labi," cf. Awit 5:9)
2. dilang nagsasalita ng mga dakilang bagay

**12:4** Ang talatang ito ay nagpapakita ng tunay na puso ng "dalawahang puso" (lit. "isang puso at isang puso"). Ang taong ito ay hindi pinahihintulutan si YHWH na makapangyari sa kanyang buhay! Ito ang pinakadiwa ng nalugmok na saloobin ng sangkatauhan.

▣ **"Na nagsipagsabi"** Ang NASB Study Bible (p. 751) ay nagpapaalala sa atin na ang salmista ay kadalasang sumisipi o nagpapahiwatig sa mga bulaang salita ng masasama (cf. Awit 3:2 at 10:11; tingnan din ang 2 Pedro 3:1-4; Judas vv. 18-19).

**12:5** Pinaliwanag ni YHWH kung bakit Siya "titindig" (BDB 877, KB 1086, *Qal* DI-GANAP, tingnan ang buong tala sa Awit 3:7).

1. dahil sa pagkawasak ng nagdurusa
2. dahil sa hinagpis (BDB 60 I) ng nangangailangan

Si YHWH ay naapektuha ng mga panalangin at mga pangyayari sa Kanyang mga tao (i.e., Exodo 3:7; 2:25; Nehemiah 9:9; Isaias 63:9; Mga Gawa 7:34). Si YHWH (hindi tulad ng diyus-diyosan) ang Diyos nakakarinig, nakakakita, at kumikilos!

▣ **"kaligtasan"** Ang PANGNGALANG ito (BDB 447) ay mula sa PANDIWANG "tumulong" (BDB 446, KB 448) na ginamit sa talata 1. Ito ay tila naging katulad sa isang Arabeng salitang-ugat na nagpapakilala sa malawak o maluwang (cf. Awit 4:1; 31:8; 118:5). Ito ay ang kasalungat na wikain ng "makitid" o "madiin."

▣ **"pinagmimithian"** Ang PANDIWANG ito (BDB 806, KB 916, *Hiphil* DI-GANAP) ay karaniwang nangangahulugang "huminga" o "maglabas ng hininga."

1. ginamit sa pagsinghal ni YHWH sa pagkainis – Awit 10:5
2. ginamit sa patotoo sa hukuman – Kawikaan 6:19; 12:17; 14:5,25; 19:5,9
3. sa lamig ng araw – Awit ni Solomon 2:17; 4:6
4. ginamit sa paghingal o pagbuntong-hininga para sa isang bagay
   a. lugar ng kaligtasan – Awit 12:5
   b. pangitaing nagkakaroon ng katuparaan – Habakkuk 2:3

Ang LXX ay isinalin ang linyang ito ng panulaan bilang si YHWH na nagsasalita, "Ilalagay ko

kaligtasan; ako ay magsasalita ng malaya laban sa dito (o 'sa kaniya')." Ang JPSOA ay mayroong "Ako ay tutulong, pagtitibayin Niya siya."

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:6-8**
**6 Ang mga salita ng Panginoon ay mga dalisay na salita;**
**na gaya ng pilak na sinubok sa hurno sa lupa, na makapitong dinalisay.**
**7 Iyong iingatan sila, Oh PANGINOON;**
**iyong pakaingatan sila mula sa lahing ito magpakailan man.**
**8 Ang masama ay naggala saa't saan man**
**Pagka ang kapariwaraan ay natataas sa gitna ng mga anak ng mga tao.**

**12:6-8** Pagibahin ang kapahayagan ni YHWH sa walang halagang pag-uugali ng masasama. Si mensahe ni YHWH ay mailalarawan bilang

1. mga dalisay na salita (cf. Awit 19:8; 119:140)
2. linantay na pilak (Awit 18:30; Kawikaan 30:5)

Siya ay matapat sa Kanyang salita (cf. v. 7). Ang masasama inihahayag ang kanilang sarili sa pamamagitan ng kanilang mga salita at mga pagkilos (cf. Mateo 7:15-23,24-27).

**12:6**
**NASB "sa hurno sa lupa"**
**NKJV "sa hurno ng mundo"**
**NRSV "isang hurno sa lupa"**
**NJB "na nanggaling sa mundo"**
**JPSOA "isang tunawan ng bakal na yari sa lupa"**
**REB "nasubok para sa lupa"**

Ang salitang isinalin na "hurno" (BDB 760, KB 833) ay matatagpuan lamang dito sa OT. Maraming mga iskolar ang naniniwala na ito ay isang teknikal na termino mula sa metalurhiya na nangangahulugang isang makalupang hulma sa lupa na ginawa mula sa putik o luwad.

Ang MT ay mayroong "sa lupa" o "sa ibabaw ng lupa," na tila tumutukoy sa isang makalupang hulma kung saan ang linantay na pilak ay binubuhos.

▣ **"makapitong"** Ang pito ay ang simbolikong bilang ng kasakdalan na nagimula sa pitong araw ng paglilikha sa Genesis 1-2.

**NATATANGING PAKSA: SIMBOLIKONG MGA BILANG SA BANAL NA KASULATAN**

A. Ang tiyak ng mga bilang na kapwa gumaganap bilang isang pamilang o simbolo:
   1. Isa - Diyos (e.g., Deuteronomio 6:4; taga-Efeso 4:4-6)
   2. Anim - pantaong kakulangang (mas mababa ng isa sa 7, e.g., Pahayag 13:18)
   3. Pito - maka-Diyos na kalubusan (ang pitong araw ng paglalang). Pansinin ang sumasagisag na pagkakagamit sa Pahayag:
      a. pitong kandelero, 1:13,20; 2:1
      b. pitong bituin, 1:16,20; 2:1
      c. pitong iglesiya, 1:20
      d. pitong mga espiritu ng Diyos, 3:1; 4:5; 5:6
      e. pitong sulo, 4:5
      f. pitong tatak, 5:1,5
      g. pitong sungay at pitong mata, 5:6
      h. pitong anghel, 8:2,6; 15:1,6,7,8; 16:1; 17:1
      i. pitong pakakak (trumpeta), 8:2,6

j. pitong kulog, 10:3,4
k. pitong libo, 11:13
l. pitong ulo, 13:1; 17:3,7,9
m. pitong salot, 15:1,6,8; 21:9
n. pitong mangkok, 15:7
o. pitong hari, 17:10
p. pitong mangkok, 21:9

4. Sampu - kalubusan
   a. Ginamit sa mga Ebanghelyo:
      (1) Mateo 20:24; 25:1,28
      (2) Marcos 10:41
      (3) Lucas 14:31; 15:8; 17:12,17; 19:13,16,17,24,25
   b. Ginamit sa Pahayag:
      (1) 2:10, sampung araw ng mga pighati
      (2) 12:3; 17:3,7,12,16, sampung sungay
      (3) 13:1, sampung putong (korona)
   c. Pagpaparami ng 10 sa Pahayag:
      (1) 144,000 + 12x12x10, cf. 7:4; 14:1,3
      (2) 1,000 = 10x10x10, cf. 20:2,3,6
5. Labindalawa – pantaong samahan
   a. labindalawang anak ni Jacob (i.e., labindalawang angkan ng Israel, Genesis 35:22; 49:28)
   b. labindalawang haligi, Exodo 24:4
   c. labindalawang bato sa sakbat ng Punong Saserdote, Exodo 28:21; 39:14
   d. labindalawang tinapay, para sa hapag ng Banal na Lugar (sumasagisag sa pagtutustos ng Diyos para sa labindalawang mga angkan), Levitico 24:5; Exodo 25:30
   e. labindalawang espiya, Deuteronomio 1:23; Josue 3:22; 4:2,3,4,8,9,20
   f. labindalawang mga apostol, Mateo 10:1
   g. gamit sa Pahayag:
      (1) labindalawang libong natatakan, 7:5-8
      (2) labindalawang bituin, 12:1
      (3) labindalawang pintuan, labindalawang anghel, labindalawang mga angkan, 21:12
      (4) labindalawang sandigang-bato, pangalan ng labindalawang mga apostol, 21:14
      (5) Bagong Herusalem ay labindalawang libong stadyang kwadrado, 21:16
      (6) labindalawang pintuan na gawa sa labindalawang perlas, 21:12
      (7) ang puno ng buhay na may labindalawang uri ng bunga, 22:2
6. Apatnapu = bilang para sa panahon:
   a. Minsan ay literal (exodo at mga paglalagalag sa ilang, e.g., Exodo 16:35); Deuteronomio 2:7; 8:2
   b. Maaaring maging literal o sumasagisag sa
      (1) baha, Genesis 7:4,17; 8:6
      (2) Moises sa Bundok Sinai, Exodo 24:18; 34:28; Deuteronomio 9:9,11,18,25
      (3) Mga pagkakahati sa buhay ni Moises:
         (a) apatnapung taon sa Ehipto
         (b) apatnapung taon sa disyerto
         (c) apatnapung taon sa pangunugna sa Israel
      (4) Si Hesus ay nag-ayuno ng apatnapung araw, Mateo 4:2; Marcos 1:13; Lucas

4:2

c. Tandaang (sa pamamagitan ng isang *Concordance*) ang bilang ng beses na ang bilang na ito ay nakita sa pagtatalaga ng panahon sa Bibliya!

7. Pitumpu – paikot na bilang para sa bayan:
   a. Israel, Exodo 1:5
   b. Pitumpung mga matatanda (pinuno), Exodo 24:1,9
   c. eskatolohiko, Daniel 9:2,24
   d. pangkat pangmisyon, Lucas 10:1,17
   e. pagpapatawad (70x7), Mateo 18:22

B. Mga mabuting sanggunian
   1. John J. Davis, *The Biblical Numerology*
   2. D. Brent Sandy, *Plowshares at Pruning Hooks*

**12:7 "iingatan. . .pagkaingatan"** Ang MGA PANDIWA (BDB 1036, KB 1581, *Qal* DI-GANAP at BDB 665, KB 718, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit nang maraming beses sa Awit upang ipahayag ang pagtangis ng salmista para sa presensya ni YHWH upang makatulong laban sa mga katunggali o mga pangyayari.

▣ **"mula sa lahing ito"** Ang pariralang ito sa Awit 12 ay tumutukoy sa kanila na
1. nagsasalita ng kabulaanan, v. 2
2. may mapanuyang labi, v. 2
3. mayroong salawahang puso, v. 2
4. nagsasalita ng mga dakilang bagay tungkol sa kanilang sarili, vv. 3-4
5. pagsamsam sa mga nangangailangan, v. 5
6. ang masama ay naggala saan man, v. 8

▣ **"magpakailan man"** Ito ay maaaring isang titulo para kay YHWH, "Siyang Walang-hanggan" (AB, p. 75). Kung ganoon, ito ay kaagapay kay YHWH sa nakaraang linya ng panulaan.

**12:8**
**NASB, NKJV,**
**NRSV "kapariwaraan"**
**NJB "kasamaan"**
**JPSOA "kaimbihan"**
**REB "ng maliit na halaga"**

Ang PANGNGALANG ito (BDB 273) ay matatagpuan lamang dito sa OT. Ang PANDIWANG anyo (NIDOTTE, tomo 1, p. 1109) ay nangangahulugang
1. sa *Qal*, "maging hangal" o "kasuklaman"
2. sa *Hiphil*, "pakitunguhan ng magaan"

Kung ang isa ay sinubukang tingnan kung papaanong ang dalawang linya ng v. 8 ay bumubuo ng magkasingkahulugang pagtutulad (paralelismo), ang ibang mga tekstwal na pagsasaayos ay inimungkahi.
1. muling pagsasatinig – "tanganang masama"
2. iba't-ibang inaakalang salitang-ugat – "hukay"
3. pagsasaayos – "ninakaw na mga bagay" (cf. LXX)
4. pagsasaayos – "mga bagay sa kalangitan"

Ito ay tila napakainam sa etimolohikong isyu na kinapapalooban ng hindi karaniwang mga salita, na hayaan
1. ang kahulugan ng buong Awit
2. ang pinakamahalagang katotohanan ng istropa

3. ang maaari pagtutulad (paralelismo) ng mga linya
4. ang maaaring mga kaugnay ng salitang-ugat

bigyan mo kami ng pinakamainam na haka-haka!

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang dalawahang puso (v. 2)?
2. Ano ang ibig-sabihin ng talata 4?
3. Bakit napakahalaga ng salita ng isang tao?

# AWIT 13

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Paghingi ng Tulong sa Kaguluhan<br><br><u>Panimula sa MT</u><br>"Para sa Pinunong Mang-aawit. Isang Awit ni David" | Pagtitiwala sa Kaligtasan ng PANGINOON | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa Personal na Kaaway (Isang Panaghoy) | Isang Panalangin para sa Paghingi ng Tulong | Isang Tiyak na Pagsamo |
| | | | | 13:1-3 |
| 13:1-2 | 13:1-2 | 13:1-2 | 13:1-2 | |
| 13:3-4 | 13:3-4 | 13:3-4 | 13:3-4 | |
| | | | | 13:4-5 (6) |
| 13:5-6 | 13:5-6 | 13:5-6 | 13:5-6 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakababahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:1-2**
**1 Hanggang kailan, Oh Panginoon? iyong kalilimutan ako magpakailan man?**
**Hanggang kailan ikukubli mo ang iyong mukha sa akin?**
**2 Hanggang kailan kukuhang payo ako sa aking kaluluwa,**
**na may kalumbayan sa aking puso buong araw?**
**Hanggang kailan magpapakataan ang aking kaaway sa akin?**

**13:1-2** Pansinin na ang balangkas ng panimulang istropa ay apat na "hanggang kailan" (BDB 723 II, cf. Awit 6:3; 90:13) na mga tanong.

1. dalawa sa talata 1
2. dalawa sa talata 2

Sila ay isang pampanitikang paraan ng paghahayag ng kabiguan ng salmista at kanyang mga kasalukuyang pangyayari. Nararamdamang niyang iniwan na siya ng Diyos.

1. kinalimuwan ng Diyos, v. 1a
2. ikinubli ng Diyos ang Kanyang sarili, v. 1b
3. personal na pighati, v. 2a,b
4. kanyang kaaway ay naitaas, v. 2c

Pansinin na ang #1 at #2 ay makikita ring magkasama sa Awit 10:11. Ang paksa ng isang kaunawaan ng pagpapabaya ay ipinapahayag na napakaganda sa Awit 42. Ang kaunawaan ng pagpapabaya ay pagkakaunawa lamang ng nasasaktang salmista. Ang katotohanan ay YHWH ay kasama natin, para sa atin, at kikilos sa ating kapakanan sa naaangkop, napapanahong mga paraan!

**13:1 "magpakailan man"** Ang salitang ito (BDB 664) ay isang hayperbolikong wikain na nagpapahayag ng mga damdamin ng salmista sa tuluyang pagpapabaya ng Diyos.

▣ **"mukha"** Ito rin ay isang Hebreong wikain ng personal na presensya (cf. Awit 11:7; 17:15; 27:4,8). Para sa ilang kadahilanan (i.e., personal na kasalanan, cf. Awit 13:3b o karamdaman, 3b) si YHWH ay tila tumalikod.

**13:2 "kaluluwa. . .puso"** Ang dalawang ito ay magkaagapay at nagpapakilala ng Hebreong paraan sa pakakatawan ng tao.

▣ **"buong araw"** Ang wikaing ito ay nangangahulugang "lahat ng panahon." Hindi ito nangangahulugan na ang pighati ay natatapos lamang sa mga oras na maliwanag pa.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:13-4**

**3 Iyong bulayin, at sagutin mo ako, Oh PANGINOON kong Diyos;**
**liwanagan mo ang aking mga mata, baka ako'y matulog ng tulog na kamatayan,**
**4 Baka sabihin ng aking kaaway, ako'y nanaig laban sa kaniya,"**
**baka ang aking mga kaaway ay mangagalak pagka ako'y nakilos.**

**13:3-4** Ang istropang ito ay isang panalangin para sa Diyos upang sagutin ang mga katanungan sa kanyang panalangin sa vv. 1-2.

Mayroong isang kalipunan ng tatlong MGA PAUTOS (i.e., mga kahilingan sa panalangin).

1. bulayin (lit. "tingnan") – BDB 613, KB 661, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 80:14; Panaghoy 1:11; 2:20; 5:1
2. sagutin – BDB 772, KB 851, *Qal* PAUTOS
3. liwanagan (lit. "magdulot na lumiwanag") – BDB 21, KB 24, *Hiphil* PAUTOS; ito ay maaaring ginamit sa isang kaunawaan ng
   a. sinasagot ng Diyos aking panalangin na may kaalaman sa iyong kapahayagan (cf. Awit 6:7; 19:8)
   b. pagpapalaya ng Diyos mula sa kamatayan (cf. Awit 38:10)

Pansinin din na ang NASB ay mayroong "upang hindi" na tatlong beses (MT, BDB 814, dalawang beses).

1. upang hindi ako mamatay
2. upang hindi magmayabang ang aking kaaway

3. upang hindi magalak ang aking kaaway

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:5-6**
**5 Nguni't ako'y tumiwala sa iyong kagandahang-loob;**
**Magagalak ang aking puso sa iyong pagliligtas.**
**6 Ako'y aawit sa PANGINOON,**
**sapagka't ginawan niya ako ng sagana.**

**13:5-6** Ito ang pagpapahayag ng salmista ng pananampalataya/pagtitiwala/pananampalataya kay YHWH.

1. Aking pinagkatiwalaan (BDB 105, KB 120, *Qal* GANAP) ang Iyong kagandahang-loob (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7). Ang pagtitiwala ay isang napakahalagang aspeto ng isang tunay na mananampalataya (cf. Awit 25:5; 42:5; 65:5; 78:22; 86:2). Tingnan ang buong tala sa Awit 4:5.
2. Magagalak ako (BDB 162, KB 189, *Qal* PANGKAUTUSAN) sa Iyong kaligtasan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 3:7), na sa konteksto, ay tumutukoy sa kalusugang napanumbalik.
3. Ako ay aawit (BDB 1010, KB 1479, *Qal* PANG-PANGKAT).

Sa Hebreong kaisipan, ang kamatayan ay isang pagbaba sa *Sheol*, kung saan walang nagpupuri sa Diyos (cf. Awit 6:5; 30:9; 88:10- 12; 115:17; Isaias 38:18). Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay? sa Awit 1:6. Tingnan ang mga tala sa 6:5 at 9:13.

Ang salmista ay binatay ang kanyang pagtitiwala sa katangian at mga pagkilos ni YHWH (i.e., “makitungong masagan sa akin,” BDB 168, KB 197, *Qal* GANAP).

**13:6 “ginawan niya ako ng sagana”** Ang PANDIWANG ito (BDB 168, KB 197, *Qal* GANAP NA) ay ginamit nang maraming beses sa Awit (cf. Awit 116:7; 119:17; 142:7). Ang ganitong GANAP NA anyo ay nagpapakilala ng katiyakan ng salmista na si YHWH ay kikilos sa kanyang kapakanan sa hinaharap at, samakatuwid, ay inihahayag nito na parang nangyari na.

▣ **“ako”** Nakakawili na ang LXX ay isinalin ito bilang isang titulo para sa Diyos—“ang Kataas-taasan” (cf. NJB). Ang katulad na pagbabago ay maaari ding makita sa Awit 7:8.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang mga talatang 1-2 ay inilalarawan kung paaanong ang matapat na mga tagasunod nakakadama sa isang napahamak na mundo. Ipaliwanag ito sa iyong sariling mga salita.
2. Ang kamatayan ba ay isang “pagtulog”?
3. Bigyang-kahulugan at ipaliwanag ang “kagandahang-loob.”

4. Paano nabago ang mga kahulugan ng salitang “kaligtasan” mula sa ang OT patungo sa NT?

# AWIT 14

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kahangalan at Kasamaan ng Men | Ang Kahangalang ng walang Diyos at Pangwakas ng Tagumpay ng Diyos | Kahatulan ng isang Nangu-ngutya at Walang Katuwi-rang Panahon (cf. Awit 53) | Kasamaan ng Tao (cf. Awit 53) | Ang Kahihinatnan ng walang Diyos |
| Panimula sa MT<br>"Para sa Pinunong Mang-aawit. Isang Awit ni David" | | | | |
| 14:1-3 | 14:1 | 14:1 | 14:1 | 14:1 |
| | 14:2-3 | 14:2 | 14:2-3 | 14:2 |
| | | 14:3 | | 14:3 |
| 14:4-6 | 14:4-6 | 14:4-6 | 14:4 | 14:4 |
| | | | 14:5-6 | 14:5-6 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:1-3**
**1 Ang mangmang ay nagsabi sa kaniyang puso, "Walang Diyos."**
**sila'y nangapapahamak, sila'y nagsigawa ng kasuklamsuklam na mga gawa;**
**walang gumagawa ng mabuti.**
**2 Tinutunghan ng Panginoon ang mga anak ng mga tao mula sa langit**
**upang tingnan, kung may sinomang nakakaunawa,**

**na hinahanap ng Diyos.**
**3 Silang lahat ay nagsihiwalay; sila'y magkakasama na naging kahalayhalay;**
**walang gumagawa ng mabuti, wala, wala kahit isa.**

**14:1 "mangmang"** Ang salmong ito ay halos katulad ng Awit 53. Ang salitang ito (BDB 614 I) ay tumutukoy sa mga taong dapat kilala si YHWH ngunit piniling mamuhay na hindi Siya nakakaapekto sa kanilang mga buhay. Walang mga ateista sa pilosopikong kaunawaan sa ANE, ngunit marami sa mga pangkasuduang bayan ay praktikal na mga ateista (cf. Deuteronomio 32:6,21; 2 Samuel 13:13; Awit 10:4,11,13; 53:1; 74:22; Ezekiel 13:3). Ang kawikaan ng Lucas 12:48 ay tiyak na umaakma sa mga taong ito.

▣ Pansinin kung paanong "ang mangmang" ay mailalarawan.

1. sila'y nangapapahamak – BDB 1007, KB 1469, *Hiphil* GANAP (i.e., isang napagpasyahang kalagayan)
2. sila'y nagsigawa ng kasuklamsuklam na mga gawa – BDB 1073, KB 1765, *Hiphil* GANAP (i.e., isang napagpasyahang kalagayan)

▣ **"kasuklamsuklam na mga gawa"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: MGA KARUMALDUMAL (OT)**

"Ang mga karumaldumal" (BDB 1072) ay maaaring tumukoy sa maraming mga bagay:

1. Mga bagay na kaugnay sa mga Ehipsiyo:
   a. Sila ay nasusuklam na kumain kasama ang mga Hebreo, Genesis 43:32
   b. Sila ay nasusuklam sa mga pastol, Genesis 46:34
   c. Sila ay nasusuklam sa mga hain ng Hebreo, Exodo 8:26
2. Ang mga bagay na kaugnay sa mga damdamin ni YHWH sa mga pagkilos ng Israel:
   a. maduming pagkain, Deuteronomio 14:2
   b. mga diyus-diyosan, Deuteronomio 7:25; 18:9,12; 27:15
   c. mga paganong espiritista, Deuteronomio 18:9,12
   d. pagsunog ng mga anak kay *Molech*, Levitico 18:21-22; 20:2-5; Deuteronomio 12:31; 18:9,12; II Mga Hari 16:3; 17:17- 18; 21:6; Jeremias 32:35
   e. Cananeong pagsamba sa diyus-diyusan, Deuteronomio 13:14; 17:4; 20:17-18; 32:16; Isaias 44:19; Jeremias 16:18; Ezekiel 5:11; 6:9; 11:18,21; 14:6; 16:50; 18:12
   f. Paghahandog ng mga hayop na may dungis, Deuteronomio 17:1 (cf. 15:19-23; Malakias 1:12-13)
   g. Paghahain sa mga diyus-diyosan, Jeremias 44:4-5
   h. Muling pag-aasawa sa isang babaing na dati nang nadiborsyo, Deuteronomio 24:2
   i. mga kababaihang nagsusuot ng panglalaki (maaaring Cananeong pagsamba), Deuteronomio 22:5
   j. salapi mula pang-kultong prostitusyon (Cananeong pagsamba), Deuteronomio 23:18
   k. pagsamba ng Israel sa diyus-diyusan, Jeremias 2:7
   l. kabaklaan (maaaring Cananeong pagsamba), Levitico 18:22; 20:13
   m. paggamit ng mga bulaang timbang, Deuteronomyo 25:16; Kawikaan 11:1; 20:23
   n. paglabag sa kautusan sa pagkain (maaaring Cananeong pagsamba), Deuteronomio 14:3
3. Mga halimbawa sa Pangkarunungang Panitikan:
   a. Kawikaan 3:32; 6:16-19; 11:1,20; 12:22; 15:8,9,26; 16:5; 17:15; 20:10,23; 21:27; 28:9
   b. Mga Awit 88:8
   c. Job 30:10
4. Mayroong isang inuulit na eskatolohikong parirala "kasuklamsuklam na naninira," na

ginamit sa Daniel (cf. 9:27; 11:31; 12:11). Ito ay tila tumukoy sa tatlong magkakaibang pagkakataon (maramihang katuparan ng propesiya):

a. Si Antiochus IV Epiphanes ng interbiblical na yugo ng Maccabean (cf. I Macabeo 1:54,59; II Macabeo 6:1-2)
b. Ang Romanong heneral (sa huli ay Emperador), na si Tito, na sinakop ang Herusalem at winasak ang templo noong A.D. 70 (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14; Lucas 21:20)
c. isang huling-panahong pinuno ng mundo na tinatawag na "ang tao ng kawalang kautusan" (cf. II taga-Thesalonica 2:3-4) o "ang Anti-Kristo" (cf. I Juan 2:18; 4:3; Pahayag 13)

▣ **"walang gumagawa ng mabuti"** Ito ay isang pangkalahatang pahayag sa espirituwal na kalagayan ng nalugmok na sangkatauhan, kahit na ang pangkasuduang bayan. Ito ay ipinaliwanag nang mabuti sa Awit 14:2-3. Pansinin kung paano inilalarawan ang nalugmok na sangkatauhan.

1. walang gumagawa ng mabuti, vv. 1,3 (napapabilang)
2. walang nakakaunawa
3. walang humahanap sa Diyos
4. silang lahat ay nagsihiwalay (tingnan ang tala sa v. 3)
5. sila'y magkakasama na naging kahalayhalay

Ang isa ay naliwanag na nakikita ang impluwensiya ng Genesis 3 sa lahat ng sangkatauhan. Ilagay ni Pablo na magkakasama ang isang makapangyarihang litanya ng mga talata sa pantaong paghihimagsik sa taga-Roma 3:9-18,23. Kaniyang sinipi ang Awit 14:1-3; 53:1-4; 5:9; 140:3; 10:7; Isaias 59:7-8; Awit 36:1. Ang katotohanang ito ay ang unang katotohanan ng ebanghelyo (taga-Roma 1:18-3:18). Ang ebanghelyo ay "mabuting balita" sa liwanag sa masamang balita!

**14:2 "Tinutunghan ng Panginoon mula sa langit"** Si YHWH ay nakitang nanananahan sa kalangitan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 8:1), kung saan Kaniyang nakikita at nalalaman ang lahat ng makikita sa mundo (mga pagkilos, mga motibo/layunin, mga hangarin, cf. Awit 33:13,14; 102:19; Job 28:24). Si YHWH, na lubhang naiiba sa mga diyus-diyosan, nakakakita, nakakaalam, at kumikilos!

**14:3 "Silang lahat ay nagsihiwalay"** Ang kasunduan ni YHWH ay isang maliwanag na minarkahang landas/daan/paraan. Ang Kanyang mga tao ay dapat manatili sa matapat (i.e., matuwid) at makitid na daan, ngunit ngunit hindi nila ginawa (cf. Exodo 32:8; Deuteronomio 9:12; 11:16; 17:11,17; Hukom 2:17; 1 Samuel 12:20; 2 Hari 22:2; Jeremias 5:23; 17:13; 32:40). Ang pagsisihiwalay ay hindi isang pagkilos ng kamangmangan ngunit may pakay na paghihimagsik!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:4-6**

**4Wala bang kaalaman ang lahat na manggagawa ng kasamaan,**
**na siyang nagsisikain sa aking bayan na tila nagsisikain ng tinapay,**
***at* hindi nagsisitawag sa Panginoon?**
**5Doo'y nangapasa malaking katakutan sila,**
**sapagka't ang Diyos ay nasa lahi ng matuwid.**
**6Inyong inilalagay sa kahihiyan ang payo ng dukha,**
**sapagka't ang PANGINOON ang kaniyang kanlungan.**

**14:4-6** Ang istropang ito ay pinapahigpit ang ang mga bunga ng "di pagkilala" (BDB 393, KB 390, *Qal* GANAP, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6). Ang mga pagkilos ng masasama laban sa mahirap, nagangailangan, at sa kanilang walang panlipunang tinig o kapangyarihan ay hahatulan ng

Diyos, kanilang tagapagtanggol (cf. Deuteronomio 10:17-19; 14:29; 24:17,19-22; 26:12,13; 27:19)!

Siya ay kanilang "kanlungan" (BDB 340, cf. Awit 2:12; 5:11; 34:22). Ang pag-atake sa kanila ay pag-atake sa Kaniya. Ipagtatanggol Niya sila.

**14:4**
**NASB, NKJV,**
**NRSV, LXX "hindi nagsisitawag sa Panginoon"**
**TEV "hindi sila nanalangin sa akin"**
**NJB, REB "hindi sila tumawag kay YHWH"**
**JPSOA "hindi nanawagan sa Panginoon"**

Ang PANDIWA (BDB 894, KB 1128, *Qal* GANAP) ay isang karaniwang ginamit sa maraming paraan (i.e., isang malawak na semantikong paggagamitan). Sa Awit, ito ay mayroong maraming pagkakagamit.

1. ng mga saserdote sa ritwal at panalangin – Awit 99:6
2. ng mga panalangin ng pangkasuduang bayan – Awit 4:2; 20:10; 50:15; 86:5; 91:15; 107:6,13; 116:2; 141:1
3. ang mga bansa ay hindi tumatawag kay YHWH (i.e., Awit 79:6) ngunit ang Israel ay oo – Awit 14:4; 50:15; 53:4

Sa NT, ang ganitong parirala sa pagsamba (i.e., ritwal at panalangin) ay naging isang daan ng pagpapakilala sa pagpasok sa isang pakikipag-ugnayan kay YHWH sa pamamagitan ni Hesus (cf. Mga Gawa 2:21; 22:16; taga-Roma 10:9-13).

Tayo ay tinawag na mga tao na tumatawag sa pangalan ng Panginoon at ngayon ay tinawag paglilingkod! Ang kawalang-panalangin ay isang tanda ng bulaang pananampalataya at praktikal na ateismo!

**14:5 "Doo'y nangapasa malaking katakutan sila"** Sa literal ito ay "kanilang kinakatakutan ang pagkatakot" (*Qal* GANAP at PANGNGALAN ng katulad na salitang-ugat – BDB 808, KB 922).

Yamang ang "doon" ay di-tiyak, ang ilan ay inilipat ito sa dulo ng parirala at idinagdag ang "kung saan walang pagkatakot" (AB, NJB).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:7**
**7 Oh kung ang kaligtasan ng Israel ay nanggagaling sa Sion!**
**Kung ibabalik ng Panginoon ang nangabihag ng kaniyang bayan,**
**magagalak nga ang Jacob, at masasayahan ang Israel.**

**14:7 "Oh kung ang kaligtasan ng Israel"** Ito ay isang titulo para kay YHWH na nananahan sa Sion (i.e., Bundok Moria, ang templo). Pansinin ang magkaagapay na "YHWH" sa linya 2.

Ang talatang ito ay matatagpuan din sa Awit 53:6, na nangangahulugang ito ay maaaring pangkawikaan. Ang LXX ay ginagawang isang tanong ang unang linyang ito (cf. 53:6).

▣ **"ibabalik"** Ang katulad na PANDIWA (BDB 996, KB 1427) rin ay maaaring mangahulugang "magsisi" o "bumalik." Gayunman, sa kontekstong ito, ang Israel ay hindi tinawag na magsisi.

Mayroong isang paglalaro ng salita sa pagitan ng "ibabalik" (BDB 996) at "mga kayamanan" (BDB 986). Ang talababa ng NET Bible ay mayroong "pumihit na may isang pagpihit (patungo) sa kanyang mga tao."

▣ **"Jacob…Israel"** Ang Patriyarkang si Jacob ay may tabindalawang mga anak na naging tabindalawang angkan o tribo. Ang pangalan ni Jacob ay pinalitan ng Israel sa Genesis 32:22-32.

**NATATANGING PAKSA: ISRAEL (ang pangalan)**

I. Ang kahulugan ng pangalan ay di-tiyak (BDB 975).
   A. Si *El* ay Nanindigan
   B. Hayaang Manindigan si *El* (JUSSIVE)
   C. Si *El* ay Nag-iingat
   D. Hayaang makipaglaban si *El*
   E. Si *El* ay Nagpunyagi
   F. Siya na Nagpunyagi kasama ang Diyos (Genesis 32:28)
II. Mga Pagkagamit sa OT
   A. Ang pangalan ni Jacob (taga-pamalit, manununggab ng sakong, BDB 784, cf. Genesis 25:26) ay pinalitang pagkatapos na makipagbuno sa isang may espiritwal na katauhan sa ilog ng Jabok (cf. Genesis 32:22-32; Exodo 32:13). Kadalasang ang mga kahulugan ng mga Hebreo pangalan ay paglalaro sa mga tunog, hindi mga etimolohiya (cf. 32:28). Israel ang naging kanyang pangalan (e.g., Genesis 35:10).
   B. Ito ay ginamit bilang isang pangkalahatang pangalan para sa lahat ng kanyang labingdalawa mga anak (e.g., Genesis 32:32; 49:16; Exodo 1:7; 4:22; 28:11; Deuteronomio 3:18; 10:6).
   C. Ito ay ginamit sa pagtatalaga ng isang nabuo sa pamamagitan ng labingdalawang angkan bago ang pag-lisan (exodo) (cf. Genesis 47:27; Exodo 4:22; 5:2) at pagkatapos (cf. Deuteronomio 1:1; 18:6; 33:10).
   D. Pagkatapos ng nagkakaisang kaharian nina Saul, David, at Solomon ang mga angkan ay nahati sa ilalim ni Rehoboam (cf. I Hari 12).
      1. Ang pagkakaiba sa nagsimula kahit na bago pa ang opisyal na pagkakahati (e.g., II Samuel 3:10; 5:5; 20:1; 24:9; I Hari 1:35; 4:20)
      2. Itinalaga sa mga hilagang angkan hanggang sa pagbagsak ng Samaria sa Asyria noong 722 B.C. (cf. II Hari 17).
   E. Ginamit sa Juda sa ilang mga lugar (e.g., Isaias 1; Mikas 1:15-16).
   F. Pagkatapos ng pagkatapon sa Asyria at Babilonya, ito ay muling naging panlahat na pangalan para sa lahat ng mga anak ni Jacob (e.g., Isaias 17:7,9; Jeremias 2:4; 50:17,19).
   G. Ginamit ng mga karaniwang tao na may pagkakaiba (kabaligtaran) mula sa mga saserdote (cf. I Cronica 9:2; Ezra 10:25; Nehemias 11:3).

▣ **"magagalak. . .masasayahan"** Kapwa ang MGA PANDIWANG ito ay nagpapakilala ang bunga ng pagpapanumbalik. Ang MGA PANDIWA sa Hebreong ay kinukuha ang kanilang pag-aangkop sa panahon mula sa konteksto. Ang kontekstong ito ay panghinaharap.
1. magalak – BDB 162, KB 189, *Qal* PANGKAUTUSAN
2. masayahan – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-

isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang pakahulugan ng mangmang sa kanyang pahayag na, “Walang Diyos”?
2. Itinuturo ba ng OT na ang lahat ng mga tao ay makasalanan?
3. Ang ang ibig-sabihin ng “tumawag sa PANGINOON”?
4. Ipinapahiwatig pa ng talata 7 isang pagkakatapon?

# AWIT 15

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Paglalarawan ng isang Mamamayan ng Sion | Ang Katangian Nila na Maaa-ring Mananahan Kasama ng Panginoon | Isang Liturhiya para sa Pagtanggap sa Templo | Ano ang Kailangan ng Diyos | Ang Panauhin ni Yahweh |
| <u>Panimula sa MT</u> "Isang Awit ni David" | | | | |
| 15:1-5 | 15:1 | 15:1 | 15:1 | 15:1 |
| | 15:2-5b | 15:2-5b | 15:2-5b | 15:2-3a |
| | | | | 15:3b-4b |
| | | | | 15:4c-5 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:1-5**

**1 PANGINOON, sinong makapanunuluyan sa iyong tabernakulo?**
**Sinong tatahan sa iyong banal na bundok?**
**2 Siyang lumalakad na matuwid, at gumagawa ng katuwiran,**
**at nagsasalita ng katotohanan sa kaniyang puso.**
**3 Siyang hindi naninirang puri ng kaniyang dila,**
**ni gumagawa man ng kasamaan sa kaniyang kaibigan,**
**ni dumudusta man sa kaniyang kapuwa;**

> [4]**Na sa mga mata niya ay nasisiphayo ang masama,**
> **kundi siyang nagbibigay puri sa mga natatakot sa PANGINOON;**
> **siyang sumusumpa sa kaniyang sariling ikasasama at hindi nagbabago;**
> [5]**Siyang hindi naglalabas ng kaniyang salapi sa patubo,**
> **ni kumukuha man ng suhol laban sa walang sala.**
> **Siyang gumagawa ng mga bagay na ito ay hindi makikilos kailan man.**

**15:1 "PANGINOON"** Ito ay ang kasunduan pangalan para sa pagka-Diyos mula sa Hebreong PANDIWA "na maging." Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa Awit 1:1.

▣ **"sino"** Talata 1 ay isang tanong na maaaring isang pangtekstong tanda para sa isang uri ng liturhiya na ginamit para sa kanila na pumapasok sa templo sa isang araw ng pista.

▣ **"iyong tabernakulo… iyong banal na bundok"** Ang mga ito ay magkaagapay na nangangahulugang ang MGA PANDIWA ("makapanunuluyan" at "tatahan") ay gayundin. Ang konsepto ng pagiging palagian sa templo ni YHWH (cf. Awit 23:6b) ay walang hanggang pagsasama-sama sa Diyos na

1. sasapit na lampas sa buhay na ito
2. kinapapalooban ng napakalapit na pakikipag-ugnayan
3. may pang-araw-araw na aspeto

Awit 27:4-6 ay ipinapahayag ang katulad na kaisipan sa isang di-hayperbolikong paraan (i.e., "lahat ng mga araw ng aking buhay," cf. Awit 23:6a).

Pansinin din na sa Awit 5:4b "walang kasamaang tatahan/maninirahan kasama ni YHWH," ngunit ang matapat na tagasunod ay magnanais na makasama ang Diyos (cf. Awit 61:4; 84:10).

**15:2-5** Ang mga talatang ito ay naglalarawan (sa balanseng positibo at negatibong mga katangian) ng uri ng tao na nanananahan kasama ang Diyos (cf. Awit 24:3-6).

1. lumalakad sa integridad ("walang kapintasan," BDB 1071, cf. Awit 18:23,31; 119:80; Kawikaan 28:18)
2. kumikilos sa katuwiran
3. nagsasalita ng katotohanan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1) sa kanyang puso
4. hindi naninirang-puri
5. hindi gumagawa nang masama sa kanyang kapwa
6. hindi gingagamit ang kasiraan laban sa kanyang friend
7. namumuhi sa mga manggagawa ng kasamaan
8. pinaparangalan ang mga may takot sa PANGINOON (i.e., mga kasama sa kasunduan)
9. sumusumpa sa katotohanan (i.e., isang panata, cf. Levitico 27)
10. hindi nagbabago (hindi pagtupad ng pangako para sa sariling kapakanan)
11. hindi sumisingil ng tubo (cf. Exodo 22:25; Levitico 25:36)
12. hindi kumukuha ng bribe laban sa walang kasalanan (cf. Exodo 23:8; Deuteronomio 16:19)

Pansinin na ang lahat ng mga paglalarawang ito ay ipinapakita kung paanong ang isang maka-Diyos na tao nabubuhay at nakikitungo sa iba. Ang makilala ang Diyos ay isaalang-alang ang mga tao. Ang matapat na mga tagasunod ay nangangahulugang mabuhay at umibig upang ang mundo ay maaaring dumating sa pagkakakilala at pagtutulad sa Manlilikhang Diyos.

**15:4b "sa mga natatakot sa PANGINOON"** Ito ay isang paulit-ulit na paglalarawan ng matapat na mga tagasunod (cf. Awit 25:12,14; 103:11,13; 118:4). Sila ay inilarawan sa maraming paraan.

1. ang kanilang ginagawa
    a. pagpuri, pagluwalhati, at pagtayo sa pagkamangha kay YHWH, Awit 22:23

   b. lumakad sa Kanyang daan, Awit 128:1
2. ang Kaniyang ginagawa para sa kanila
   a. ipinapaliwanag ang Kanyang kasunduan, Awit 25:14
   b. dinadalang malapit ang kaligtasan, Awit 85:9
   c. ang kanilang tulong at kalasag, Awit 115:11
   d. pinagpapala sila, Awit 115:13; 128:1
   e. tinutupad ang kanilang mga naisin, Awit 145:19 (gayundin "dinidinig ang kanilang pag-iyak at ililigtas sila")

**15:5c** Ito ay ang buod na pahayag. Silang nabubuhay sa kasunduan kasama ang Diyos at kanilang mga kapatid na lalaki/babae ay hindi makikilos (BDB 556, KB 555, *Niphal* DI-GANAP, cf. Awit 17:5; 30:6; Kawikaan 10:30; 12:3). Ang TEV ay isinalin ito bilang "palaging magiging segurado." Ang Isaias 33:15 ay tila kaagapay ang pagluluwalhati sa kanilang lalapit at manananahan kasama ni YHWH. Kung kaya, ngayon, ang Isaias 33:16 ay magkaagapay ng Awit 15:5c.

Ang layunin ng kaligtasan ay hindi lamang nakatuon sa indibidwal ngunit panlipunan! Ang pag-ibig para sa Diyos ay kailangang maglathala ng pag-ibig para sa bawat-isa! Hindi dapat nating ihiwalay ang pagpapawalang-sala mula sa katarungan! Ang lahat ng sangkatauhan ay apektado ng Pagkalugmok sa Genesis 3 (cf. Awit 14:1-3). Ang larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27) sa sangkatauhan ay nasira. Ang sangkatauhan ay pumihit paloob. Ang pagkamakasarili at pagsaarili ngayon ay naglalarawan ng kanyang mga kaisipan at mga pagkilos. Isang bagong pagtatagpo sa Diyos ang nagpabago ng pagtuong ito (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:25-27). Ang bagong taon ngayon ay mayroong isang kaunawaan ng pagpapakalinga. Siya ay nabubuhay para sa Diyos/para sa iba.

▣ **"hindi"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailan man sa Awit 9:5.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilarawan ang taong lumalapit kay YHWH sa templo.
2. Paano nauugnay ang "pamumuhay na pananampalataya" sa nakakapagligtas na pananampalataya?
3. Itala ang limang positibo at negatibong mga katangian ng isang matapat na tagasunod.
4. Bigyang-kahulugan ang "pagpapatubo."
5. Ipinapahiwatig ba ng Awit na ito na ang isang matuwid na tao hindi kailanman maghihirap?

# AWIT 16

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang PANGINOON ang Bahagi ng Salmista sa Buhay at Tagapagpalaya sa Kamatayan | Ang Pag-asa ng mga Mata-tapat, at ang Tagumpay ng Mesias | Isang Pagkilos ng Personal na Pananampalataya sa Kapang-yarihan ng Diyos na Magligtas (Isang Awit ng Pagtitiwala) | Isang Panalangin ng Pagtitiwala | Si Yahweh ang aking Mana |
| Panimula sa MT "Mikhtam ni David" | | | | |
| | | | | 16:1 |
| | | | 16:1-3 | |
| 16:1-4 | 16:1 | 16:1-2 | | |
| | | | | 16:2-3a |
| | 16:2-3 | | | |
| | | | | 16:3b-6 |
| | | 16:3-4 | | |
| | 16:4 | | 16:4 | |
| | 16:5-6 | 16:5-6 | 16:5-6 | |
| 16:5-6 | 16:7-8 | 16:7-8 | 16:7-8 | 16:7-8 |
| 16:7-11 | 16:9-11 | 16:9-10 | 16:9-10 | 16:9-11 |
| | | 16:11 | 16:11 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:1-4**
**1 Ingatan mo ako, Oh Dios; sapagka't sa iyo nanganganlong ako.**
**2 Oh kaluluwa ko, iyong sinabi sa PANGINOON;**
**ikaw ay aking Panginoon: ako'y walang kabutihan liban sa iyo."**

> [3]**Tungkol sa mga banal na nangasa lupa,**
> **sila ang maririlag na mga kinalulugdan kong lubos.**
> [4]**Ang mga kalumbayan nila ay dadami, na nangaghahandog sa ibang *diyos***
> **ang kanilang inuming handog na dugo ay hindi ko ihahandog,**
> **ni sasambitin man ang kanilang mga pangalan sa aking mga labi.**

**16:1 "Ingatan mo ako, Oh Diyos"** Ito lamang ang tanging PAUTOS (BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS) sa Awit 16. Ito ay isang madaliang kahilingan sa panalangin. Mula sa Awit 16:10-11 ito ay naging maliwanag na ang salmista ay humaharap sa kamatayan. Siya ay humihiling ng buhay ngunit nalalaman na kahit kamatayan ay hindi maghihiwalay sa kaniya mula sa Diyos (cf. taga-Roma 8:31-38).

Sa Awit na ito, ang pagka-Diyos ay tinatawag na

1. *El*, v. 1 (pangkalahatang titulo ng Diyos sa ANE)
2. YHWH, vv. 2,5,7,8
3. *Adon*, v. 2

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa Awit 1:1.

▣ **"sapagka't sa iyo nanganganlong ako"** Ito ay ang paksa ng maraming Awit! Para "kanlungan" tingnan ang mga tala sa Awit 5:11.

Ang mga tao ay linikha sa larawan at wangis ng Diyos sa Kanyang sarili (cf. Genesis 1:26-27). Tayo ay linikha upang magsama-sama (cf. Genesis 3:8). Matatagpuan natin ang kapayapaan, kapahingahan, kaligayahan, layunin, at kaligtasan na tanging nasa Kaniya!

**16:2** Ito ay ang pagpapahayag ng pananampalataya ng salmista. Ang talata 2 ay tila binubuod ang isang nakalipas na panalangin o pagpapahayag ng pananampalataya.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ako'y walang kabutihan liban sa iyo"** |
| **NKJV** | **"Ang aking kabutihan ay walang kabuluhan na hiwalay sa inyo"** |
| **NRSV** | **"Wala akong mabuting bahagi mula sa inyo"** |
| **TEV** | **"lahat ng mga mabuting bagay na aking inilalapit sa inyo"** |
| **REB** | **"sa iyo lamang nanggagaling ang mabuting aking ikinalulugod"** |
| **NET Bible** | **"ang tangi kong pinanggagalingan ng kabutihan"** |
| **JPSOA talababa** | **"ako ay walang buti maliban sa inyo"** |

Ang isa ay nahihikayat na basahin pariralang ito ng doktrina ng pagpapawalang-sala sa NT, ngunit sa OT ang mas mainam na kaagapay ay Awit 73:25-28. Si YHWH lamang ang "mabuti" sa salmista. Ang diyus-diyosan ng mga bansa ay bulaan (cf. vv. 3-4). Ang mapagbiyaya, mahabagin, na pangkasunduang Diyos ay kinikilala silang nagtitiwala sa Kaniya Him at nabubuhay ayon sa Kanyang pangkasunduang kinakailangan (i.e., OT – Mosaikong kasunduan; NT – ang ebanghelyo, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:25-27). Ang bunga ay isang buhay at isang kabilang-buhay na pagsasama-sama sa Diyos.

**16:3-4** Mayroong maraming katanungan tungkol sa kung paano mauunawaan ang talatang ito. Ang Jewish Study Bible ay sinabing sa kanila (p. 1297) na "Ang mga ito ay kabilang sa pinakamalabong mga talata sa Salmo."

1. Sino ang "mga banal" (BDB 872) – Ang ilang (NEB, NJB) mga iskolar ay kinukuha ang huling mga salita ng Awit 16:2 at dinadala ang negatibo sa v. 3, na ginawa nitong ang "mga banal" ay tumutukoy sa "ang mga sagradong espiritu ng mundo" (i.e., ang diyus-diyosan ng Awit 16:4). Tingnan ang tala sa ibaba.
2. Sino ay "ang maririlag" (BDB 12) – Dahil sa pagtutulad (paralelismo) silay ay alinman sa

positibo (i.e., silang maka-Diyos, cf. TEV) o negatibo (i.e., Caananeong diyus-diyosan, NJB).

Ito ay maaari na kunin ang dalawang mga titulo bilang tumutukoy sa mga pangkasuduang bayan sa v. 3 na naging mananamba sa diyus-diyosan sa v. 4. Maraming mga salin ay inihihiwalay ang talata 3 at 4 sa magkahiwalay na istropa. Ang tanong ay, "Ang vv. 3-4 ba ay bumubuo ng isang pag-iiba o isang pinahahabang paglalarawan?"

**16:3 "mga banal"** Ito ay ang Hebreong terminong *Kadosh* (BDB 872), na ginamit para sa
1. ang matapat na mga tagasunod ni YHWH – Deuteronomio 33:3; Awit 34:9; Daniel 8:24
2. espirituwal na mga nilalang (i.e., mga anghel) – Job 5:1; 15:15; Awit 89:5,7; Daniel 8:13 (dalawang beses); Zacarias 14:5

**NATATANGING PAKSA: MGA BANAL (PINAGPALA) (קדוש)**

I. Ang Lumang Tipan
   A. Ang etimolohiya ng terminong *kadosh* (BDB 872) ay di-tiyak, maaaring Caananeo. Ito ay maaaring bahagi ng salitang-ugat na (i.e., *kd*) nangangahulugang "hatiin." Ito ang pinanggalingan ng kilalang kahulugan na "ihiwalay (mula sa Caananeong kultura, cf. Deuteronomio 7:6; 14:2,21; 26:19) para sa paggamit ng Diyos."
   B. Ito ay nauugnay sa presensiya ng Diyos sa mga bagay, mga lugar, mga panahon, at mga tao. Ito ay hindi ginamit sa Genesis, ngunit naging karaniwan sa Exodo, Levitico, at Mga Bilang.
   C. Sa Propetikong panitikan (lalo na ang Isaias at Osea) ang personal na elemento na nasa nakalipas makikita, ngunit hindi binigyang-diin, ay dumating sa hinaharap. Ito ay naging isang paraan sa pagtatalaga ng pinakadiwa ng Diyos (cf. Isaias 6:3). Ang Diyos ay banal. Ang Kanyang pangalan ay nagpapakilala ng Kanyang katangian na Banal. Ang Kanyang mga taong na naghayag ng Kanyang katangian sa isang nangangailangang mundo ay banal (kung kanilang susundin ang kasunduan sa pananampalataya).
   D. Ang kahabagan at pag-ibig ng Diyos ay hindi maihihiwalay mula sa mga teolohikong konsepto ng mga kasunduan, katarungan, at mahalagang katangian. Nandito ay ang pag-iigting sa Diyos patungo sa isang makasalanan, nalugmok, mapanghimagsik na sangkatauhan. Mayroong isang nakakawiling artikulo sa sa pagitan ng Diyos bilang "mahahabagin" at Diyos bilang "banal" kay Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 112-113.

II. Ang Bagong Tipan
   A. Ang mga manunulat ng NT (maliban sa Lucas) ay Hebreong mga palaisip, ngunit ay naimpluwensyahan ng Koine Griyego (i.e., ang Septuagint). Ito ay ang Griyegong salin ng OT, hindi ang Klasikong Griyegong panitikan, kaisipan, o relihiyon ang nasusunod sa kanilang talasalitaan o bokabularyo.
   B. Si Hesus ay banal dahil Siya ay sa Diyos at tulad ng Diyos (cf. Lucas 1:35; 4:34; Mga Gawa 3:14; 4:27,30). Siya ay Siya Banal at Matuwid (cf. Mga Gawa 3:14; 22:14). Si Hesus ay banal dahil Siya ay walang kasalanan (cf. Juan 8:46; 2 taga-Corinto 5:21; Hebreo 4:15; 7:26; 1 Pedro 1:19; 2:22; 1 Juan 3:5).
   C. Dahil ang Diyos ay banal, ang Kanyang mga anak ay naging banal (cf. Levitico 11:44-45; 19:2; 20:7,26; Mateo 5:48; 1 Pedro 1:16). Dahil si Hesus ay banal, ang Kanyang mga tagasunod ay naging banal (cf. taga-Roma 8:28-29; 2 taga-Corinto 3:18; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 1 taga-Thessalonica 3:13; 4:3; 1 Pedro 1:15). Ang mga kristiyano ay iniligtas upang maglingkod sa pagiging-katulad ni Kristo (kabanalan).

**16:4**
**NASB, NKJV,**
**NRSV "mga kalumbayan"**

| | |
|---|---|
| **TEV** | **"mga kaguluhan"** |
| **NJB** | **"managan sa diyus-diyosan"** |
| **LXX** | **"mga kahinaan"** |
| **REB** | **"walang katapusang kaguluhan"** |

Ang salitang "mga kaguluhan" (עצבות, BDB 781) ay napakakatulad ng "diyus-diyosan" (עצבים, BDB 781, NJB). Ang konteksto ay maliwanag na tungkol sa pagsamba sa diyus-diyosan. Ang ganap na pinatutungkulan sa v. 3 ay di-tiyak.

Ito ay maaari na makita sa terminong "iba" (אחר, BDB 29 I, v. 4) gaa ng "ibang diyos" (אחרים, cf. Isaias 42:8; NET Bible, p. 866, #29).

Para sa isang malawak na pagtalakay tingnan ang NIDOTTE, tomo 2, pp. 860-862 o UBS Handbook, pp. 141-142.

▣ Ang salmista, na nanganganlong kay YHWH, ay tinanggihang
1. ibuhos ang isang inuming alay ng blood (ng mga pag-aalay ng hayop o isang talinghaga para sa alak)
2. kunin ang kanilang mga pangalan sa kanyang labi (cf. Exodo 20:3-5)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:5-6**
**5 Ang PANGINOON ay siyang bahagi ng aking mana at ng aking saro**
**iyong inaalalayan ang aking kapalaran.**
**6 Ang pising panukat ay nangahulog sa akin sa mga maligayang dako;**
**Oo, ako'y may mainam na mana.**

**16:5-6** Maaaring ang inuming alay na nabanggit sa talata 4 ay nagpapaalala sa salmista ng wikain ng "saro," na nagpapakilala ng kahahantungan ng isang tao (cf. Awit 11:6; 23:5; 75:8; 116:13). Kadalasan, ito ay may isang negatibong pakahulugan ngunit dito ay hindi.

Ang "kapalaran" ay nagpapahiwatig ng paghahati sa lupain ng Canaan sa bahagi ng mga angkan ni Josue, sa pamamagitan ng kapalaran (cf. Josue 13-19), na propetikong katuparan ng pangako ni YHWH kay Abraham (cf. Genesis 12:1-3). Ang mga Levita at mga Saserdote ay nagman lamang 48 mga lungsod (cf. Josue 20-24). Sinasabing sila ay may Panginoon mismo bilang kanilang mamanahin (cf. Bilang 18:20; Deuteronomio 18:1). Gayunman, sa Awit, ang katawagan ay pinalawak sa lahat ng matapat na mga tagasunod (cf. Awit 73:26; 119:57; 142:5; also Panaghoy 3:24).

Ang talata 6 ay pinagpapatuloy ang larawan sa pamamagitan ng "ang pising panukat ay nangahulog sa akin." Ang salmista ay ipinahahayag na ang kanyang mamanahin ay napakaganda (i.e., Jeremias 3:19).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:7-11**
**7 Aking pupurihin ang Panginoon na nagbibigay sa akin ng payo**
**Oo, tinuturuan ako sa gabi ng aking puso.**
**8 Aking inilagay na lagi ang Panginoon sa harap ko;**
**sapagka't kung siya ay nasa aking kanan, hindi ako makikilos.**
**9 Kaya't ang aking puso ay masaya, at ang aking kaluwalhatian ay nagagalak;**
**ang akin namang katawan ay tatahang tiwasay.**
**10 Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol;**
**ni hindi mo man titiisin ang iyong banal ay makakita ng kabulukan.**
**11 Iyong ituturo sa akin ang landas ng buhay;**
**nasa iyong harapan ang kapuspusan ng kagalakan;**
**sa iyong kanan ay may mga kasayahan magpakailan man.**

**16:7-11** Ang salmista ay nagpapahayag ng kanyang pananampalataya kay YHWH

1. payo, v. 7a (cf. Awit 32:8)
2. mga katuruan, v. 7b
3. makapangyarihang presensya, vv. 8,11
4. tagumpay, v. 8b

Ang bunga ay siya ay nagagalak sa kanyang kaligtasan kay YHWH (cf. v. 9), kahit na sa kamatayan (vv. 10-11).

1. hindi Niya iiwan ang kaniyang kaluluwa sa *Sheol*, v. 10 (cf. Job 14:14-15; 19:25-27)
2. ipapakilala Niya sa kanya ang landas ng buhay (cf. Awit 139:24; Kawikaan 15:24; i.e., isang wikain para sa pang-araw-araw na matapat na pamumuhay; para sa isang katulad na parirala, tingnan ang Awit 101:2,6)
3. Siya ay makakapiling niya, kahit na sa *Sheol* (cf. Awit 139:7-8)
4. Siya ang magtutustos sa kasaganahan sa lahat ng pangangailangan ng salmista

Kahit na sa pagkakataon ng pagkabahala, ang matapat na tagasunod ay malalaman na si YHWH ay kasama niya, para sa kaniya, at hindi siya iiwan! Ang pananampalatayang ito sa katapatan ni YHWH ay ating pag-asa, kaligayahan, kapayapaan, kapahingahan, at tagumpay!

**16:8b "nasa aking kanan"** Ang kanang kamay ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Diyos na Inilalarawan bilang isang Tao [antropomorpismo] sa Awit 2:4-6). Ang kanang kamay ay kilala para sa kapangyarihan at kalakasan. Ang Mesias ay inilarawan bilang nakaupo sa kanang kamay ng Diyos nagpapakilala sa lugar ng kapangyarihan, pagkamataas, at awtoridad.

Ang pagsasama ng maraming mga sangkap sa Awit na ito ay ginawang pang-Mesias para sa mga Apostol, Pedro at Pablo

1. ang paglalarawan ng kanang kamay, vv. 8,11
2. buhay na higit pisikal na pag-iral
3. titulong "Siyang Banal"

Tingnan ang mas buong tala sa talata 10.

**16:9**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"aking kaluwalhatian"** |
| **NRSV, NJB** | **"aking kaluluwa"** |
| **LXX** | **"aking dila"** |
| **JPSOA** | **"aking buong buong pagkatao"** |
| **REB** | **"aking espiritu"** |

Ang Hebreong salitang "kaluwalhatian" (כבודי, BDB 458 II) ay maaaring isang pagkakamali sa tagasipi para sa "atay" (כבדכ, BDB 458, cf. Genesis 49:6; Awit 30:12), na, tulad ng puso, ay nagpapakilala sa buong pagkatao (cf. NIDOTTE, tomo 2, pp. 587-588; NET Bible, p. 866, #11). Pansinin na "puso," "atay/kaluwalhatian," at "laman" lahat ay magkaagapay at nagpapakilala sa salmista mismo.

**16:10**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"ang iyong banal"** |
| **NRSV, JPSOA** | **"iyong matapat na isa"** |
| **NJB, REB** | **"iyong matapat na lingkod"** |
| **LXX** | **"iyong matapat"** |
| **NET Bible** | **"iyong matapat na tagasunod"** |

Ang Hebreong ay mayroong "ang iyong banal" (חסיד, BDB 339). Ang salitang ito ay kadalasang ginagamit upang ilarawan sila mga pangkasuduang bayan na umibig, naglingkod, at sumunod kay YHWH (cf. Awit 4:3; 12:2; 32:6; 86:2; Mikas 7:2). Kapag ginamit kay YHWH, ito ay isinalin na "mabait" (cf. Awit 18:25; 145:17) o "mapagbiyaya" (cf. Jeremias 3:12).

Dahil ang talatang ito ay sinipi kapwa nina Pedro (cf. Mga Gawa 2:27,31) at Pablo (cf. Mga Gawa

13:35) upang tumukoy sa muling-pagkabuhay ni Hesus, sa Awit na ito, ang termino ay isinalin na "Iyong Banal" (NASB, NKJV). Hindi ako tiyak kung papaano ipagpapalagay ang talatang ito sa Awit 16. Sa konteksto, ito ay maliwanag na tumutukoy sa isang maka-Diyos, matapat na Israelita (pansinin ang pagtutulad (paralelismo) ng v. 10). Ito ngayon ay maaaring naunawaan ng isang Apostol bilang

1. pang-propesiya
2. tipolohiko
3. maraming katuparan

Ang mga Apostol ay lumilingon sa OT at nakita ang maraming mga tanda at pagpapauna, gayundin ang mga partikular na mga hula, sa buhay, gawain, kamatayan, muling pagkabuhay, at muling babalik ni Hesukristo! Aking pinakakatiwalaan ang kanilang inspirasyon.

▣

**NASB, REB "ang hukay"**
**NKJV, LXX "kasamaan"**
**NRSV, JPSOA "ang Hukay"**
**NJB "ang abyss"**

Ang MT ay mayroong "Hukay" (BDB 1001) at ito ay magkaagapay sa *Sheol* (cf. Job 33:18; Isaias 38:17-18). Para sa *Sheol* tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay? sa Awit 1:6 at ang mga tala sa Awit 6:5; 9:13. Kapwa ay paraan ng pagtukoy sa kamatayan.

Ang LXX ay sinipi kapwa nina Pedro at Pablo sa Mga Gawa upang pagtibatyin ang muling pagkabuhay ni Hesus. Mayroong maraming lugar sa OT na nagpapahayag, o kahit na pahiwatig, sa isang muling pagkabuhay (cf. Job 14:14-15; 19:25-27; Awit 17:15; 49:15; 56:13; 73:24,25; 86:13; Isaias 26:19; Daniel 12:2). Ang Ezekiel 37 ay tila tumutukoy sa isang pagpapanumbalik ng bansa, hindi indibidwal na muling pagkabuhay.

Salamat sa Diyos para sa buong kapahayagan ng NT.

1. Ang walang lamang libingan ni Hesus at kanayang mga pagpapakita pagkatapos
2. Ang pagtalakay ni Pablo sa muling-pagkabuhay sa 1 taga-Corinto 15

Ang kabilang-buhay ay isang umuunlad (progresibong) kapahayagan!

Ang buhay, mga katuruan, kamatayan, at muling-pagkabuhay ni Hesus ang nagbago ng pangmundong pananaw ng mga Apostol. Ang kanilang perspektibo sa OT ay naiba. Sila ay nagsimulang magsiyasat sa OT para sa mga propesiya, mga tipolohiya, at mga pahiwatig ng bagong katotohanan. Si Hesus mismo ang nagsimula nito sa pamamagitan ng mga kapahayagang pagbibigay-kahulugan tungkol sa Kanyang sarili mula sa OT sa dalawang mga alagad sa daan sa Emmaus, na kanilang inilipat sa pangkat na nasa taas na silid (cf. Lucas 24:25- 27).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bigyang kahulugan ang salitang "mga banal."

2. Ang mga “banal” ba ay katulad ng “mga maririlag”?
3. Paano nauugnay ang talata 4 sa pagsamba sa diyus-diyosan?
4. Bigyang kahulugan ang paggamit sa OT ng terminong “bahagi.” Ito ba ay kaagapay sa “kapalaran”?
5. Anong bahagi ng katawan ng tao ang pinaniniwalaang pinanggagalingan ng kaisipan at mga damdamin?
6. Ito ba ay isang pang-Mesias Awit dahil ang talata 10 ay sinipi sa Mga Gawa 13:35?
7. Bakit ang biblikal na pananampalataya ay inilarawan bilang isang “landas”?

# AWIT 17

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Panganga laga laban sa Mga Nang-aapi | Panalangin na may Pagtitiwala sa Pangwakas na Kaligtasan | Panalangin ng Pagpapalaya mula sa mga Personal na Kaaway (Isang Panaghoy) | Ang Panalangin ng Taong walang Kasalanan | Ang Pagsamo ng Isang Walang Kasalanan |
| Panimula sa MT<br>"Isang Panalangin ni David" | | | | |
| 17:1-5 | 17:1-2 | 17:1-2 | 17:1-2 | 17:1-2 |
| | 17:3-5 | 17:3-5 | 17:3-5 | 17:3-4a |
| | | | | 17:4b-7 |
| 17:6-12 | 17:6-9 | 17:6-7 | 17:6-7 | |
| | | 17:8-12 | 17:8-9a | 17:8-12 |
| | | | 17:9b-12 | |
| | 17:10-12 | | | 17:13-14b |
| 17:13-15 | | | | 17:14c-15 |
| | 17:15 | 17:15 | 17:15 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:1-5**

**[1]Dinggin mo ang matuwid, Oh PANGINOON, pakinggan mo ang aking daing;**
**ulinigin mo ang aking panalangin, na hindi lumalabas sa mga magdarayang labi.**
**[2]Manggaling sa iyong harapan ang aking kahatulan;**
**masdan ng iyong mga mata ang karampatan.**
**[3]Iyong sinubok ang aking puso;**
**iyong dinalaw ako sa kinagabihan;**
**iyong nilitis ako, at wala kang nasumpungan;**
**ako'y nagpasiya na ang aking bibig ay hindi sasalangsang.**
**[4]Tungkol sa mga gawa ng mga tao, sa pamamagitan ng salita ng iyong mga labi,**
**Ako'y nagingat sa mga daan ng pangdadahas.**
**[5]Ang aking mga hakbang ay nagsipanatili sa iyong mga landas.**
**ang aking mga paa ay hindi nangadulas.**

**17:1** Pansinin ang magkaagapay na MGA PAUTOS na tumutukoy sa panalangin ng salmista.

1. dinggin – BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 17:6; 27:7; 28:2; 30:10; 39:12; 54:12; 61:1; 64:1; 84:8; 102:1; 119:149; 130:2; 143:1
2. pakinggan – BDB 904, KB 1151, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 5:2; 55:2; 61:1; 86:6; 142:6
3. ulinigin – BDB 23, KB 27, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 5:1; 39:12; 49:1; 54:2; 55:1; 77:1; 80:1; 84:8; 140:6; 141:1; 143:1

Ang Awit ay isang aklat ng mga tao ng Diyos na masugid na humuhinging makinig Siya (i.e., isinaalang-alang at tumutugon sa) kanilang mga damang pangangailangan.

Sa talata 1 ang mga salita ng isa with isang mabuting layunin (BDB 841) ay pinag-iiba sa mga salita ng isang may "mandarayang labi" (cf. Isaias 29:13).

Ang Awit 17:1 ay kaagapay sa 17:6. Ang lahat tatlong mga istropa ng Awit na ito ay nagsimula sa maraming MGA PAUTOS na nagsusumamo sa Diyos na kumilos para sa kapakanan ng salmista!

▣
**NASB, NKJV "hindi lumalabas sa mga magdarayang labi"**
**NRSV, NJB "mula sa mga labi na walang kabulaanan"**
**TEV "matapat na panalangin"**
**JPSOA "walang pagkukunwari"**

Ang salmista ay nagpapahayag ng kanyang integridad. Siya ay nananalangin na walang ikinukubling motibo o hayag na kasinungalingan (cf. Isaias 29:13).

**17:2** Habang ang talata isa ay may tatlong MGA PAUTOS, talatang ito ay mayroong dalawang nauunawaang MGA PANGKAUTUSAN.

1. Manggaling sa iyong harapan ang aking kahatulan – BDB 422, KB 425, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
2. masdan ng iyong mga mata ang karampatan – BDB 302, KB 301, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan

▣
**NASB "karampatan"**
**NKJV "matuwid"**
**NRSV "ang tama"**
**NJB, TEV,**

**JPSOA, REB “tama”**
**LXX “katapatan”**

Ang MT ay mayroong “pagkapantay,” “pagkamatuwid,” o “pagkamakatarungan” (BDB 449). Dito, ito ay tumutukoy kay YHWH na humahatol nang pantay o walang kinikilingan. Ang salmista ay humihiling sa Diyos ng katarungan na ibigay ang isang matuwid na hatol (cf. v. 1a).

**17:3-5** Ang salmista ay inisaisa kung bakit dapat siyang hatulan/ ipawalang-sala ng Diyos.

1. kung ana ang ginawa ng Diyos (lahat ng MGA GANAP)
   a. Iyong sinubok ang aking puso, v. 3a
   b. iyong dinalaw ako sa kinagabihan, v. 3b (a & b ay magkaagapay na walang hinahangan na pagkakaiba)
   c. iyong nilitis ako, at wala kang nasumpungan, v. 3c (tingnan ang Natatanging Paksa: Sinusubok ng Diyos ang Kanyang mga tao sa 11:4b)
2. kung ano ang kanyang ginawa o hindi ginawa
   a. ang aking bibig ay hindi sasalangsang, v. 3d
   b. siya’y nagingat sa mga daan ng pangdadaha (ang salitang, BDB 829, ay nangangahulugang “magnanakaw,” cf. Jeremias 7:11, ngunit maaaring mangahulugang “karahasan,” cf. Ezekiel 18:10), v. 4
   c. ang aking mga hakbang ay nagsipanatili sa iyong mga landas, v. 5a
   d. ang aking mga paa ay hindi nangadulas, v. 5b (cf. Awit 18:36)

Ang konsepto ng “daan” ay nangangahulugang ang salmista ay maingat na sinusunod ang mga pangkasunduang patnubay ng Diyos (cf. Awit 37:31; 40:2; 44:18; 66:9; 73:2; 119:105; Kawikaan 14:15). Makasalanan tao ay

1. lumilihis mula sa daan paputang kanan o kaliwa
2. natisod sa daan
3. mayroong madulas na mga hakbang

Tingnan ang Natatanging Paksa: Sinusubok ng Diyos ang Kanyang mga Tao sa Awit 11:4b-5.

**17:3d** Ang UBS Text Project (pp. 182-183) ay may isang mabuting maikling tala tungkol sa mga pamimilian para sa pagsasalin ng linyang ito ng panulaan.

> “Kung ang זמתי ay isinalin bilang isang pawatas na kayarian na may isang hulapi, ang huling bahagi ng v. 3 ay na na maipaliwanag bilang ‘aking mga plano (mga kaisipan) na hindi lalagpas sa aking bibig’ (i.e., aking kaisipan ay naaayon sa aking mga salita, aking mga salitang nagpapatibay ng aking palagay). Kung ang מתיז ay isinalin bilang isang pandiwa sa ang unang panauhan na pang-isahan, ang sugnay ay dapat na maisalin na ‘kung ako ay nagbalangkas (anumang bagay) (i.e. anumang masasama), (ito), ay dapat hindi sumagi sa aking bibig.”

Tingnan din ang NIDOTTE, tomo 1, p. 1112, para sa katulad na iminumungkahing pag-aayos. Ang pagbabago na mula sa MT, “aking kasamaan” (BDB 273, KB 273) patungo sa “Ako ay may isinaalang-alang” o “Nagplano ako” (BDB 273, KB 273, *Qal* GANAP NA) ay kinapapalooban lamang isang pagbabago sa mga patinig.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:6-12**

**6 Ako'y tumawag sa iyo, sapagka't ikaw ay sasagot sa akin, Oh Diyos;**
**Ikiling mo ang iyong pakinig sa akin, at dinggin mo ang aking pananalita.**
**7 Ipakita mo ang iyong mga kagilagilalas na kagandahang-loob,**
**Oh ikaw na nagliligtas sa kanila na nagsisipagkanlong sa iyong kanang kamay**
**Sa nagsisibangon laban sa kanila.**

> **[8]Ingatan mo ako na gaya ng itim ng mata;**
> **ikubli mo ako sa lilim ng iyong mga pakpak**
> **[9]Sa masama na sumasamsam sa akin,**
> **sa aking mga kaaway na nagsisipatay, na nagsisikubkub sa akin.**
> **[10]Sila'y nangabalot sa kanilang sariling taba,**
> **sila'y nangagsasalita ng kanilang bibig na may kapalaluan.**
> **[11]Kanilang kinubkob nga kami sa aming mga hakbang;**
> **itinititig nila ang kanilang mga mata upang ibuwal kami sa lupa.**
> **[12]Sila'y parang leon na masiba sa kaniyang huli,**
> **at parang batang leon na nanunubok sa mga lihim na dako.**

**17:6-12** Ang istropang ito ay inilalarawan mga pagkilos ng Diyos para sa salmista at mga pagkilos ng kanyan kaaway.

1. mga pagkilos ng Diyos
   a. siya ay tumawag at sumagot ang Diyos, v. 6
   b. ipinakita ng Diyos ang Kanyang kasunduang pag-ibig at katapatan (i.e., kagandahang-loob, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7)
   c. pinagkalooban siya ng Diyos ng kanlungan (tingnan ang tala sa Awit 5:11)
   d. iningatan/ kinalinga ng Diyos ang "itim aking mata" (isang wikain ng mabait na pagkalinga para sa isang tao lalo na't mapalapit, cf. Deuteronomio 32:16; Kawikaan 7:2)
   e. ikukubli siya ng Diyos ikubli mo ako sa lilim ng iyong mga pakpak (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12)
2. ang mga pagkilos ng kaaway
   a. sinasamsam nila ako (i.e., patayin siya), v. 9
   b. kinukubkob nila ako, vv. 9b,11a
   c. kanilang binalot kanilang puso (lit. "kanilang taba [BDB 316] kanilang isinara" [BDB 688, KB 742, *Qal* ganap]," cf. LXX; "taba" ay ginamit sa isang negatibo kaunawaan ng mga taon sa Awit 73:3 at 119:70)
   d. sila ay nagsasalita ng kayabangan laban sa kaniya
   e. itinititig nila ang kanilang mga mata laban sa kaniya
   f. linapa siya tulad ng isang leon, v. 12

Anong matalim na pagkakaiba!

**17:6**
**NASB, NKJV "Ikiling mo ang iyong pakinig sa akin"**
**TEV, NJB,**
**JPSOA "iliko mo ang iyong tainga sa akin"**

Ito ay isang Hebreong wikain, na kapag ginamit sa mga panalangin, ay hinihiling si YHWH to limiko/yumuko (cf. 2 Hari 19:16; Isaias 37:17; Daniel 9:18; Awit 31:2; 71:2; 86:1; 88:2; 102:2; 116:2).

Si YHWH, bagaman isang walan-laman na espirituwal na nilalang, ay inilarawan sa pantaong talasalitaan. Tingnan ang ang Natatanging Paksa sa antropomorpismo sa Awit 2:4-6. Ang mga tao ay walang talasalitaan ngunit ang nauugnay sa planetang ito at kanilang pagiging-materyal. Ang pantaong talasalitaan na ginamit ng Diyos o sa espirituwal na mundo ay palaging matalinghaga.

**17:7** Ang talatang ito ay may isang kalipunan ng makapangyarihan, madamdaming teolohikong mga termino na nauugnay sa persona at kahabagan ni YHWH.

1. ipakitang kagilagilalas – BDB 811, KB 930, *Hiphil* PAUTOS (tingnan ang magkaugnay salitang BDB 810 sa Awit 33:22, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:1)
2. kagandahang-loob, YHWH's *hesed* – BDB 338 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit

5:7) na nagpapakilalsa sa Kanyang pangkasunduang katapatan at matibay na pag-ibig
3. Oh Tagapagligtas – BDB 446, *Hiphil* PANDIWARI, i.e., ang isa na nagliligtas, cf. Awit 106:7,21
4. kanlungan – BDB 340, *Qal* PANDIWARI, si YHWH ay isang matibay at napakalakas na muog para sa kanilang manganganlong sa Kaniya, cf. Awit 5:11; 18:2

▣ **"sa iyong kanang kamay"** Ang pariralang ito ay maaaring nauunawaan sa maraming kaunawaan.
1. ang lugar na malapit kay YHWH kung saan ang mga nangangailangan ay naghahanap ng kanlungan, cf. NASB, TEV
2. ang kaparaanan na dinala ni YHWH sa mga nangangailangan (i.e., Kanyang malakas na kanang kamay, cf. NKJV, JPSOA, REB, tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay sa Awit 7:3-4)
3. ang malapit na ugnaya sa pagitan ng salmista at kanyang mga kaaway (i.e., matalik na mga kasamahan, cf. NRSV)

**17:9 "ang masama"** Ito ay makilala ang pangkat na ito. Ito maaaring tumutukoy sa
1. pangkasunduan mga kasama na, para sa kanilang sariling mga layunin, ay sinalakay ang salmista
2. pangkasunduan mga kasama na sadyang sinusuway ang kasunduan ni YHWH
3. ang nakapalibot na mga bansa na sa kanilang kamangmangan, ay bulag na sumusunod sa diyus-diyosan at hindi kay YHWH

Tanging ang konteksto ng Awit at ang indibidwal na istropa ang makakatulong sa pagkilala. Hindi ako tiyak na "ang masasama" ay nauunawaan na sila nga ay ganoon. Kadalasan, kanilang iniisip na sila ay naglilingkod sa Diyos sa kanilang mga pagkilos.

Sa Awit na ito, sila ay tila naging mayaman, matagumpay na mga Israelita na tinitingnan ang kanilang mga pagmamay-ari at mga anak bilang isang kasunduan tanda ng pagsang-ayon ng Diyos.

**17:11 "Kanilang kinubkob nga kami"** Ang MT ay mayroong PANDIWA (BDB 685, KB 738) na PANG-ISAHAN ngunit ito ay kaagapay sa usunod na linya na may PANGMARAMIHANG PANDIWA. Kaya ang Masoretikong mga iskolar ay inilagay ang isang tala sa gilid (*Qere*) na iminumungkahing basahin bilang isang PANGMARAMIHAN (cf. NASB "kami" sa v. 11, linyang a at b).

Sa aking palagay, ang PANG-ISAHAN (MT) ang pinakaakma. Ang Awit na ito ay isang indibidwal na panagnoy, ngunit nang lumaon ay ginamit sa liturhiya para sa buong komunidad, na lubhang karaniwan sa Awit.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"aming mga hakbang"** |
| **NRSV** | **"kami ay sinubaybayan"** |
| **NJB** | **"sila ay sumusugod"** |

Ang Hebreo ng v. 11 ay nagsimula sa "aming mga hakbang" (BDB 81, PAMBABAENG PANGMARAMIHAN, אשוניר) ngunit sa pagbabago ng mga patinig, ay naging isang PANDIWA, "humakbang" (BDB 80, אשר), na nasa Hebreong manuskrito, cf. NRSV, NJB.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"upang ibuwal kami sa lupa"** |
| **NKJV** | **"iyukyok kami sa lupa"** |
| **NRSV** | **"itapon sa lupa"** |
| **TEV** | **"hilahin pababa"** |
| **NJB** | **"ihagis ako sa baba"** |

**LXX** **"ikiling sa lupa"**
**Peshitta** **"ibaon kami sa lupa"**

Ang MAKADIWANG "ibuwal" (*Qal* PAWATAS NA KAYARIAN) sa literal ay ang PANDIWANG "ikiling" (BDB 639, KB 692) na ginamit sa v. 6, ngunit dito ang salin ay hindi tumutugma sa konteksto. Tandaang mga salita ay mayroong kahulugan lamang sa konteksto! Ang panulaan ay pinipilit ang mga salita na magamit sa mga natatanging paraan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:13-15**

**13Bumangon ka, Oh PANGINOON, harapin mo siya, ilugmok mo siya;**
**iligtas mo ang aking kaluluwa sa masama sa pamamagitan ng iyong tabak,**
**14Sa mga tao, sa pamamagitan ng iyong kamay, Oh Panginoon,**
**sa mga tao ng sanglibutan, na ang bahagi nila ay nasa buhay na ito**
**at ang tiyan nila'y pinupuno mo ng iyong kayamanan;**
**kanilang binubusog ang kanilang mga anak,**
**at iniiwan nila ang natira sa kanilang pag-aari sa kanilang sanggol.**
**15Tungkol sa akin, aking mamasdan ang iyong mukha sa katuwiran;**
**ako'y masisiyahan pagka bumangon sa iyong wangis.**

**17:13-15** Ang salmista ay nananawagan sa Diyos na kumilos sa kanyang kapakanan (v. 13).

1. bumangon – BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS
2. harapin – BDB 869, KB 1068, *Piel* PAUTOS
3. ilugmok – BDB 502, KB 499, *Hiphil* PAUTOS
4. iligtas – BDB 812, KB 930, *Piel* PAUTOS

Pansinin ang "mga mula sa," na naglalarawan ng kaaway (vv. 13b-14).

1. mula sa masasama
2. mula sa tao (NET Bible [p. 867, #32] ay iniwawasto ito sa "mula sa kanila na papatay," i.e., "mga mamamatay-tao" sa kapwa linya a at b)
   a. ang bahagi nila ay nasa buhay na ito
   b. ang tiyan nila'y pinupuno
   c. may maraming anak
   d. iniiwan nila ang natira sa kanilang pag-aari sa mga anak

Gayunman, ang salmista ay inilalarawan bilang

1. siyang minamasdan ang mukha ng Diyos sa katuwiran (wikain ng pagkamatalik, cf. Awit 11:7)
2. siyang nasisiyahan sa presensiya ng Diyos (cf. Awit 16:11)

Kapwa ang MGA PANDIWA ng Awit 17:15 ay MGA PANG-PANGKAT.

1. tingnan ang/pagmasdan – BDB 302, KB 301, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
2. nasisiyahan – BDB 959, KB 1302, *Qal* PANG-PANGKAT

**17:15** Habang ang masasama (at kanilang salinlahi) ay nasisiyahan (BDB 959, KB 1302, *Qal* DI-GANAP) sa mga bagay ng mundo, mga pakinabang na nakuha sa maling paraan; ang salmista (pagdidiin "ako") ay nasisiyahan (BDB 959, KB 1302) sa presensya ni YHWH!

▣ **"ako'y pagka-bumangon"** Ang PANDIWANG ito (BDB 884, KB 1098, *Hiphil* PAWATAS NA KAYARIAN) ay ginamit sa maraming kaunawaan.

1. bumangon mula sa isang natatanging pangitain ng Diyos
2. bumangon mula sa isang pagkakatulog sa gabi
3. bumangon mula sa pagkakalasing

4. bumangon mula sa kamatayan

Sa aking palagay, ang #4 ang pinakaakma sa konteksto (i.e., presensya ni YHWH, cf. 2 Hari 4:31; Job 14:12; Awit 23:24-25; 139:18; Isaias 26:19; Jeremias 51:39,57; Daniel 12:2). Kung kaya, ngayon ang pagtatapos ng Awit 16 at Awit 17 ay magkatulad!

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano pinakitunguhan ni YHWH ang pag-aangkin ng walang-kasalanan ng salmista?
2. Paano inangkin ng salmista na siya ay walang kasalanan?
3. Ipaliwanag ang paglalarawan ng “sa iyong kanang kamay.”
4. Ipaliwanag ang paglalarawan ng “itim ng mata.”
5. Ipaliwanag ang paglalarawan ng “sa lilim ng iyong mga pakpak.”

# AWIT 18

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang PANGINOON na Pinapurihan sa Pagkakaloob ng Pagpapalaya | Ang Diyos na Makapangyarihang Tagapagligtas | Nagpapasalamat ang Hari para sa Tagumpay sa Laban (Isang Maharlikang Pasasalamat, cf. 2 Samuel 22:1-3) | Awit ng Tagumpay ni David | Pasasalamat ng Hari |
| Panimula sa MT<br>"Para sa Pinunong Mang-aawit. *Awit ni David* ang lingkod ng PANGINOON, na ipinahayag sa PANGINOON ang mga salita ng awit na ito na ang PANGINOON ay iligtas siya mula sa lahat ng mga kaaway at mula sa kamay ni Saul At kanyang sinabi. . ., | | | | |
| 18:1-3 | 18:1-3 | 18:1-3 | 18:1 | 18:1 |
| | | | 18:2-3 | 18:2 |
| | | | | 18:3 |
| 18:4-6 | 18:4-6 | 18:4-5 | 18:4-6 | 18:4-5 |
| | | 18:6 | | 18:6 |
| 18:7-15 | 18:7-12 | 18:7-15 | 18:7-15 | 18:7-8 |
| | | | | 18:9-10 |
| | | | | 18:11-12 |
| | 18:13-15 | | | 18:13-14 |
| | | | | 18:15 |
| 18:16-19 | 18:16-19 | 18:16-19 | 18:16-19 | 18:16-17 |
| | | | | 19:18-19 |
| 18:20-24 | 18:20-24 | 18:20-24 | 18:20-24 | 18:20-21 |
| | | | | 18:22-23 |
| | | | | 18:24-25 |
| 18:25-29 | 18:25-27 | 18:25-30 | 18:25-27 | |
| | | | | 18:26-27 |
| | 18:28-30 | | 18:28-29 | 18:28-29 |
| 18:30-36 | | | 18:30-34 | 18:30 |
| | 18:31-34 | 18:31-42 | | 18:31-32 |
| | | | | 18:33-34 |
| | 18:35-36 | | 18:35-42 | 18:35-36 |
| 18:37-42 | 18:37-42 | | | 18:37-38 |
| | | | | 18:39-40 |
| | | | | 18:41-42 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 18:43-45 | 18:43-45 | 18:43-45 | 18:43-45 | 18:43<br>18:44-45 |
| 18:46-50 | 18:46-49 | 18:46-48 | 18:46-50 | 18:46-47 |
| | | | | 18:48 |
| | | 18:49-50 | | 18:49 |
| | 18:50 | | | 18:50 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:1-3**
**1"Iniibig kita, Oh PANGINOON, na aking kalakasan."**
**2Ang PANGINOON ay aking malaking bato, at aking kuta, at aking tagapagligtas,**
**aking Diyos, aking malaking bato na sa kaniya'y manganganlong ako;**
**aking kalasag, at siyang sungay ng aking kaligtasan, aking matayog na moog.**
**3Ako'y tatawag sa Panginoon, na marapat na purihin,**
**sa gayo'y maliligtas ako sa aking mga kaaway.**

**18:1-3** Ang salmista ay nagpapahayag sa kanyang Diyos na may kalipunan ng makapangyarihang mga titulo at mga pagpapahiwatig (kaparehong tula sa 2 Samuel 22). Sa gitna ng mga paghihirap sa buhay, kaniyang nalalaman ang di-nagbabagong katangian ng Diyos ng linikha at katubusan. Pansinin ang personal na elemento ng "aking" MGA PANGHALIP.

1. aking kalakasan – BDB 305, KB 304, PANGNGALAN dito lamang at sa 1 Samuel 22:2
2. aking bato (dalawang beses) – dalawang iba't-ibang Hebreong mga salitang-ugat
   a. BDB 700 I – cf. Awit 31:3; 42:10; 71:3
   b. BDB 849 – cf. Deuteronomio 32:4,15,30
3. aking muog – BDB 845 II, KB 622, cf. Awit 31:3; 71:3; 91:2; 144:2

4. aking tagapagligtas – BDB 812, KB 930, *Piel* PANDIWARI, cf. Awit 40:17; 70:5; 144:2
5. aking Diyos (*El*) na kung saan ako ay manganganlong – BDB 340, KB 337, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 2:12; 5:11; 7:1; 11:1; 16:1; 25:20; 31:1; 37:40; 57:1; 61:5; 64:10; 71:1; 118:8-9; 141:8; 143:9; 144:2; Kawikaan 30:5
6. aking kalasag – BDB 171, KB 545 I, cf. Awit 3:3; 7:10; 18:30,35; 28:7; 33:20; 59:11; 84:11; 115:9-11; 119:114; 144:2; Kawikaan 2:7; 30:5
7. ang sungay ng aking kaligtasan
   a. "sungay" (BDB 901) – isang wikain ng kapangyarihan o kalakasan, cf. Awit 75:10
   b. "sungay" maaaring mangahulugang "burol," cf. Isaias 5:1; kung kaya, ito ay katulad na paglalarawan sa muog o kanlungan (NIDOTTE, tomo 3, p. 991)
8. aking tanggulan o muog – BDB 960 I, KB 640, cf. Awit 9:9; 46:7,11; 48:3; 59:9,16,17; 62:2,6; 94:22; 144:2
9. ang PANGINOON na marapat na papurihan – BDB 237, KB 248, *Pual* PANDIWARI, cf. Awit 48:1; 96:4; 145:3

Ang natitipong epekto ng mga salitang ito ng kaligtasan, pagkalinga, at kasiguraduhan ay makapangyarihan at madamdamin. Ang buhay sa isang nalugmok na mundo ay mahirap, may kinikilingan, at hindi mahuhulaan ngunit ngayon, mayroong tayong Diyos na tiyakang kasalungat!

**18:1 "iniibig"** Ang salitang ito (BDB 933, KB 1216, *Qal* DI-GANAP) ay ang katulad na Hebreong salitang-ugat (רחם) na "sinapupunan," ngunit bago natin basahin ito nang malabis, ang katulad na salitang-ugat din ay nangangahulugang "buwitre"! Mag-ingat sa etimolohiya bilang tanging pinanggalingan ng kahulugan. Ang konteksto ang nagpapasya ng kahulugan!

Ang *Qal* na tangkay ng PANDIWANG ito ay matatagpuan lamang dito at tumutukoy sa pag-ibig ng tao para sa Diyos. Ang *Piel* na tangkay ay mas higit sa karaniwan at ginagamit sa pagkahahabag ng Diyos para sa pangkasunduang sangkatauhan (cf. Exodo 33:19; Deuteronomio 13:13; 30:3; Isaias 14:1; 27:11; 30:18; 49:10,13; 54:8,10; 55:7; 60:10).

Ang PANDIWANG ito ay hindi kaagapay sa 2 Samuel 22 at iniisip ng BDB na ito ay maaaring naidagdag, maaaring noong naging liturhiko para sa komunidad ang salmo.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:4-6**

**[4]Pinamuluputan ako ng mga tali ng kamatayan,**
**at tinakot ako ng mga baha ng kasamaan.**
**[5]Ang mga tali ng Sheol ay nasa buong palibot ko;**
**ang mga silo ng kamatayan ay dumating sa akin.**
**[6]Sa aking kapanglawan ay tumawag ako sa PANGINOON,**
**at dumaing ako sa aking Diyos;**
**dininig niya ang aking tinig mula sa kaniyang templo,**
**at ang aking daing sa harap niya ay dumating sa loob ng kaniyang mga pakinig.**

**18:4-5** Ang salmista ay inilalarawan kanyang pagkabahala sa malinaw, magkaagapay, patulang wika.

1. ang tali (i.e., mga patibong, cf. Kawikaan 13:14; 14:27) ng kamatayan ang nakapalibot sa akin – BDB 67, KB 79, *Qal* GANAP, cf. Awit 116:3; ito ay maaari na ang "mga tali," na sumusunod sa 2 Samuel 22, ay dapat nauunawaan bilang "mga alon," na bumubuo ng isang mabuting pagkakaagapay sa susunod na linya ng panulaan. Ang NIDOTTE, tomo 1, p. 482, ay binabanggit na ang DSS (IQH 3:28; 5:39) ay gumagamit ng PANDIWA para sa pagpapasalamat sa Diyos para sa pagpapalaya mula sa
   a. "mga sakit ng kamatayan"
   b. "mga ilog ni Belial"

   Ito rin ay umaakma sa konteksto dito.
2. ang baha ni Belial (BDB 116, cf. Nahum 1:15; 2 taga-Corinto 6:15) tinatako ako – BDB 129,

KB 147, *Piel* DI-GANAP; ang PANDIWA ay ginamit na kadalasan sa Job (cf. Job 3:5; 9:34; 13:11,21; 15:24; 18:11; 33:7). Sa 2 Samuel 22:5 "Belial" ay isinalin na "pagkawasak," na nagpapakita na ito ay maaaring hindi personal

3. ang mga tali ng *Sheol* (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6) ay nasa buong palibot ko – BDB 685, KB 738, *Qal* GANAP, cf. Awit 17:11; 22:12,16; 49:5; 88:17; 118:10-12
4. ang mga silo ng kamatayan ay dumating sa akin – BDB 869, KB 1068, *Piel* GANAP, cf. Awit 18:18; Job 30:27

Habang ang "akin" ay tanyag sa Awit 18:1-3, ngayon ang "ako" bilang paksa ng pag-atake ay tanyag sa mga talata 4-5. Bawat tao ay may pagkatakot sa kamatayan hanggang sila ay magkaroon ng isang pagtatagpo ng personal na pananampalataya sa Diyos ng buhay at pag-ibig (cf. 1 Juan 4:7-21)! Si satanas ay walang kapangyarihan sa kamatayan ngunit kanyang pinapaigting ang pagkatakot sa kamatayan.

**18:6** Talata 6 ay ang pagtugon ng salmista sa kanyang kaunawaan ng nalalapit na kamatayan (i.e., "pagkabahala," BDB 856 II, cf. Job 15:24; 38:23; Awit 66:14; 119:143).

1. tumawag ako sa PANGINOON – BDB 894, KB 1128, *Qal* DI-GANAP
2. dumaing ako sa aking Diyos – BDB 1002, KB 1443, *Piel* DI-GANAP

Ang kanyang mga panalangin ay tinugon.

1. dininig niya ang aking tinig mula sa kaniyang templo
2. ang aking daing sa harap niya ay dumating sa loob ng kaniyang mga pakinig (cf. Awit 6:8-9; 28:2,6)

Pansinin ang pagtutulad (paralelismo) ng mga linyang 1 at 2, saka ang mga linyang 3 at 4. Ang magkasingkahulugang pagtutulad (paralelismo) na ito ay katangian ng Hebreong panulaan (tingnan ang Panimulang Artikulo). Ang Diyos ng pagkalinga ay ang Diyos din na tumutugon sa panalangin!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:7-15**

**7Nang magkagayo'y nauga at nayanig ang lupa;**
**ang mga patibayan naman ng mga bundok ay nakilos**
**at nauga, sapagka't siya'y napoot.**
**8Napailanglang ang usok mula sa kaniyang mga butas ng ilong,**
**at apoy na mula sa kaniyang bibig ay sumupok;**
**mga baga ay nangagalab sa pamamagitan niyaon.**
**9Kaniya namang iniyuko ang mga langit, at ibinaba**
**at salimuot na kadiliman ay nasa ilalim ng kaniyang mga paa.**
**10At siya'y sumakay sa isang querubin, at lumipad;**
**Oo, siya'y lumipad na maliksi sa mga pakpak ng hangin.**
**11Ginawa niya ang kadiliman na kaniyang kublihang dako,**
**ang kaniyang kulandong sa buong palibot niya,**
**mga kadiliman ng tubig, masinsing mga alapaap sa langit.**
**12Sa kakinangan sa harap niya ay dumaan ang kaniyang mga masinsing alapaap,**
**mga granizo at mga bagang apoy.**
**13Ang PANGINOON naman ay kumulog sa mga langit,**
**at pinatunog ng Kataastaasan ang kaniyang tinig,**
**mga granizo, at mga bagang apoy.**
**14At kaniyang inihilagpos ang kaniyang mga pana, at pinapangalat sila,**
**Oo, mga kidlat na di masayod at ginulo sila.**
**15Nang magkagayo'y nagsilitaw ang mga lagusan ng tubig,**
**at ang mga patibayan ng sanglibutan ay nangahubdan**
**sa iyong pagsaway, Oh PANGINOON,**
**sa hihip ng hinga ng iyong mga butas ng ilong.**

**18:7-15** Ang istropang ito ay inilalarawan ang pagtugon ng Diyos sa panalangin ng salmista. Pinupukaw ng Diyos ang Kanyang sarili para sa pagkilos (i.e., [1] larawan ng banal na digmaan o [2] pagtayo mula sa Kanyang trono)!

1. sa talata 7 ang pagkabahala ng matapat na tagasunod ay nagdudulot ng maka-Diyos na pagkagalit (BDB 354, KB 351, *Qal* GANAP, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:4-6). Ang nagniningas na kapootan (paglalarawan ng lindol, cf. Isaias 29:6) ay ipinapakilala sa talata 8 (i.e., paglalarawan ng unos, cf. Deuteronomio 33:26; Isaias 29:6). Ang paglalarawang ito ay nagpapakita ng Exodo 19:18-19 (i.e., ang pagkakaloob nag Mosaikong kasunduan sa Bundok Sinai).
2. Ang pagtugon ni YHWH ay ipinapakilala sa isang unos sa mga talata 9-15.
    a. iniyuko ang mga langit, (cf. Isaias 64:1). Ang REB ay muling isinatitig ang parirala at mayroong, "Kaniyang hinati ang mga langit." Ito ay katulad na paglalarawad ay makikita sa Isaias 34:4; Pahayag 6:12-14.
    b. ibinababa ang salimuot na kadiliman
    c. mga kadiliman ng tubig
    d. masinsing mga alapaap ng langit
    e. kakinangan sa harap niya
    f. mga granizo at mga bagang apoy
    g. kumulog sa mga langit
    h. mga kidlat
    i. mga lagusan ng tubig

Sa maraming paraan, ang paglalarawang ito ay nagpapahiwatig sa *Shekinah* na ulap ng kaluwalhatian sa panahon ng paglalagalag sa ilang, kapwa itinatago at inihahayag si YHWH (cf. Exodo 13:21-22; 19:19-20,24; 16:10; 19:9,16; 24:15-18; 40:34-38).

**18:7 "nauga at nayanig ang lupa"** Ang pangkahulugang tanong ay, "Ito ba ay literal o matalinghaga?"

1. literal – ang kanilang paglalarawan ng isang lindol bilang isang tanda padating na presensiya ng Diyos, Exodo 19:18; Awit 68:7-8
2. matalinghaga – isang pagbibigay-katauhan ng "mundo"
    a. ang mundo ay nagbunga – Genesis 1:12,24
    b. ang mundo ay linulon sila – Exodo 15:12; Bilang 16:34
    c. ang mundo ay nagsuka – Levitico 18:25,28; 20:22
    d. ang mundo ay binukas ang kanyang bibig – Bilang 16:32; 26:10; Deuteronomio 11:6; Awit 106:17
    e. ang mundo bilang isang patotoo – Deuteronomio 4:26; 30:19; 31:28; 32:1
    f. magsalita sa mundo – Job 12:8; 16:18; Awit 50:4
    g. ang mundo ay babangon laban sa kaniya – Job 20:27
    h. ang mundo ay umiiyak – Job 31:38
    i. ang mundo ay nagpupuri kay YHWH – Awit 69:34
    j. ang mundo ay nagagalak – Awit 96:11; 97:1
    k. ang mundo ay nayayanig – Hukom 5:4; 1 Samuel14:15; Isaias 13:13
    l. ang mundo ay namimighati – Isaias 24:4; 33:9; Osias 4:3

**18:8 "apoy"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 11:6.

**18:9 "Kaniya. . .ibinaba"** Si YHWH ay tumatahan sa kalangitan. Ang Kanyang presensya ay nanananahan sa pagitan ng *cherubim* sa arko ng kasunduan, ngunit manaka-naka, ang Bibliya ay nagpapahayag ng Kanyang pagdating sa mga tao sa natatanging paraan (i.e., mga pagpapakita, cf. Exodo 3). Ang Exodo 3:7-8 ay isang partikular na halimbawa kay YHWH na tumutugon sa mga

pangangailangan ng Kanyang mga tao at kumikilos sa kanilang kapakanan. Sa kontekstong ito, ang paglalarawan ay ipinapakita bilang isang malupit na unos.

**18:10-11** Ito ay inilalarawan is YHWH sa paglalarawan ng isang unos. Ang ulan ay mahalag para sa mga tumitira sa bahagyang disyerto ngunit ang mga bagyo ay nakakatakot. Sa kasaysayan ng Israel pagkatapos nilang pumasok sa Canaan, ang mga Israelita ay naimpluwensiyahan ng mga diyos ng pagpapayabong, lalo na ni *Ba'al*, ang diyos ng bagyo, ang nagbibigay ng ulan at pagkamayabong. Gayunman, ang tunay na "diyos ng bagyo" ay si YHWH (tingnan ang paglalarawan sa Exodo 19).

**18:10 "querubin"** Pansinin ang magkaagapay na paglalarawa sa Awit 104:3. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: QUERUBIN**

A. Isa sa mga ilang mga tipo ng mga malaanghel na nilalang. Ang partikular na tipong ito ang nagbabantay sa sagradong lugar (cf. Exodo 25:18-22; I Hari 8:6-7).
B. Etimolohiya ay di-tiyak:
  1. Mula sa Akkadian "manananggol" o "tagapamagitan" sa pagitan Diyos at tao
  2. Mula sa Hebreo ito ay maaaring salitang paglalaro, "kalesa" at querub" (cf. Ezekiel 1; 10)
  3. Ang ilay ay nagsasabi na ito ay nangangahulugang "maningning na pagpapakita"
C. Pisikal na anyo-Ito ay naging napakahirap na matiyak sapagkat sa ibat-ibang mga paglalarawan sa loob ng Bibliya at nag iibang hayop-tao na mga anyo na matatagpuan sa sinaunang Near East. Ilan ay inuugnay sila sa:
  1. May pakpak na toro ng Mesopotamia
  2. May pakapk na agila-leon ng Ehipt na tinawag na "griffins"
  3. May pakpak na nilalang sa Hiram, trono ng Hari ng Tyre
  4. Sphinx ng Ehipto at kaparehong mga anyo na matatagpuan sa garing na palasyo ni Haring Ahab sa Samaria
D. Pisikal na Paglalarawan
  1. Ang anyo ng querubin ay nakadugtong sa Seraphim ng Isaias 6.
  2. Mga halimbawa ng ibat-iabng mga anyo
    a. Bilang ng mga mukha
      (1) Dalawa-Ezekiel 41:18
      (2) Apat-Ezekiel 1:6, 10; 10:14,16,21,22
      (3) Isa-Pahayag 4:7
    b. Bilang ng mga pakpak
      (1) Dalawa-I Hari 6:24
      (2) Apat-Ezekiel 1:6,11; 2:23; 10:7,8-21
      (3) Anim (gaya ng Seraphim ng Isaias 6:2)- Pahayag 4:8
  3. Ibang mga katangian
    a. Mga kamay ng tao-Ezekiel 1:8; 10:8,21
    b. Mga Paa
      (1) Diretso, walang tuhod-Ezekiel 1:7
      (2) Paa ng guya-Ezekiel 1:7
  4. Si Flavius Josephus ay inaamin na walang nakakaalam kung ano ang hitsura ng querubin (cf. *Antiquities of Jews*, VIII:3:3).
E. Mga lugar at layuning matatagpuan sa Bibliya
  1. Tagapagbantay ng punong kahoy ng buhay, Genesis 3:24 (maaaring ginamit na

metaporikal kay Satanas sa Ezekiel 28:14,16)

2. Tagapagbantay ng Tabernakulo
    a. Sa ibabaw ng Arko ng Tipan; Exodo 25:18-20; Bilang 7:89; I Samuel 4:4
    b. Inilarawan sa telon at mga kurtina; Exodo 26:1,31; 36:8,35
3. Tagapagbantay sa Templo ni Solomon
    a. Dalawang nililok na mga querub sa Dakong Kabanal banalan; I Hari 6:23-28; 8:6-7; II Cronica 3:10- 14; 5:7-9
    b. Sa mga pader ng panloob templo; I Hari 6:29,35; II Cronica 3:7
    c. Sa mga panel na nauugnay sa ilang mga patong; I Hari 7:27-39
4. Tagapbantay sa Templo ni Ezekiel
    a. Nililok sa pader at mga pintuan; Ezekiel 41:18-20, 25
5. Konektado sa paghahatid ng pagkadiyos
    a. maaaring isang talinghaga para sa hangin; II Samuel 22:11; Awit 18:10; 104:3-4; Isaias 19:1
    b. tagapagbantay sa trono ng Diyos; Awit80:1; 99:1; Isaias 37:16
    c. tagapagbantay sa portatil na trono ng kalesa ng Diyos; Ezekiel 1:4-28; 10:3-22; I Cronica 28:18
6. templo ni Herodes
    a. Pinintura sa mga pader (i.e. tagapagtanggol cf. Talmud "Yoma" 54a)
7. Kapahayagan tronong senaryo (i.e. tagapagtanggol cf. Pahayag 4-5)

**18:11 "Ginawa niya ang kadiliman na kaniyang kublihang dako"** Sa OT, ang tingnan si YHWH ay nangangahulugang kamatayan (cf. Genesis 16:13; 32:30; Exodo 3:6; 33:20; Hukom 6:22-23; 13:22; 1 Hari 19:13; Isaias 6:5; Mga Gawa 7:32). Ang makapal na madilim na ulap ay isang paraan sa pagkukupkop ng mga Israelita (cf. Exodo 19:9; 20:21; Deuteronomio 4:11; 5:23).

**18:15 "mga patibayan ng sanglibutan"** Ang paglalarawang ito ay maipapahayag bilang

1. ang mga haligi ng mundo – 1 Samuel 2:8; Job 9:6; 38:4-6; Awit 75:3; 104:5
2. ang mga salitang-ugat ng mga kabundukan – Deuteronomio 32:22; Job 28:9; Jonas 2:6

Ito ay maaaring ang talata 15 ay nagpapahiwatig ng dakilang pagkilos ng pagpapalaya ni YHWH sa

a. tuluyan – Exodo 14:21-22,29
b. panulaan – Exodo 15:8; Awit 106:9

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:16-19**

**16Siya'y nagsugo mula sa itaas, kinuha niya ako;**
**sinagip niya ako sa maraming tubig.**
**17Iniligtas niya ako sa aking malakas na kaaway,**
**At sa mga nangagtatanim sa akin,**
**sapagka't sila'y totoong makapangyarihan sa ganang akin.**
**18Sila'y nagsidating sa akin sa kaarawan ng aking kasakunaan,**
**ngunit ang PANGINOON ay siyang aking gabay.**
**19Inilabas naman niya ako sa maluwag na dako;**
**iniligtas niya ako, sapagka't siya'y nalulugod sa akin.**

**18:16-19** Ang istropang ito ay inilalarawan pagpapalaya ni YHWH sa salmista. Pansinin din ang "pagkabahala" sa talata 6 ay nalinaw ngayon bilang "silang napopoot sa akin, sapagka't sila'y totoong makapangyarihan sa ganang akin. Sila'y nagsidating sa akin sa kaarawan ng aking kasakunaan" (cf. Awit 59:16-17)!

1. Siya ay nagpadala mula sa mataas, kinuha Niya ko, cf. Awit 144:7

2. Ako ay kaniyang inahon sa maraming tubig, cf. Awit 32:6
3. Ako ay kaniyang pinalaya mula sa aking malakas na kaaway
4. Ako ay kaniyang pinaya mula sa kanilang napopoot sa akin
5. Dinala Niya ako sa isang malapad na lugar, isang wikain para sa kalayaan, cf. Awit 4:1; 31:8; 118:5
6. Ako ay Kaniyang iniligas , dahil Siya ay nalulugod sa akin, cf. 2 Samuel 22:20; Awit 37:23; 41:11; 147:11

**18:16 "sinagip niya ako sa maraming tubig"** Ang salitang ugat na ito, משה (BDB 602, KB 642) ay matatagpuan lamang (1) dito [at magkaagapay sa 2 Samuel 22:17] at (2) sa tala ng pagliligtas ni Moises sa Exodo 2:10. Ito ay naging laganap na etimolohiya ng pangalang "Moises."

Ang "maraming tubig" ay maaaring nauunawaan sa dalawang paraan.

1. isang kontekstwal na talinghaga ng kaguluhan/mga suliraning/mga pag-atake (cf. Awit 32:6; 46:1-3; 69:1-2; 124:1-5; 144:5-8; Isaias 43:2
2. isang pagpapahiwatig sa tala ng Genesis sa pagdaig ni YHWH mga tubig ng chaos (kaguluhan) (cf. Awit 74:13-14; 89:9-10; 104:6-7; Isaias 51:9-10, tingnan ang *Jerome Biblical Commentary*, p. 578, at aking tala sa Genesis 1:2, "ang kalaliman" at www.freebiblecommentary.org sa Genesis 1-11)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:20-24**

**[20]Ginanting-pala ako ng PANGINOON ayon sa aking katuwiran;**
**ayon sa kalinisan ng aking mga kamay ay ginanting-pala niya ako.**
**[21]Sapagka't aking iningatan ang mga daan ng PANGINOON,**
**at hindi ako humiwalay ng masama sa aking Diyos.**
**[22]Sapagka't lahat niyang mga kahatulan ay nangasa harap ko,**
**at hindi ko inihiwalay ang kaniyang mga palatuntunan sa akin.**
**[23]Ako rin nama'y sakdal sa kaniya,**
**at ako'y nagingat ng aking sarili sa aking kasamaan.**
**[24]Kaya't ginanting-pala ako ng PANGINOON ayon sa aking katuwiran,**
**ayon sa kalinisan ng aking mga kamay sa kaniyang paningin.**

**18:20-24** Pansinin ang *inclusio* ng v. 20 na inihahambing sa v. 24. Ang istropang ito ay di dapat maunawaan bilang pag-aangkin ng salmista sa kawalang kasalanan o kasakdalan. Sa teolohiya, siya ay nagpapahayag ng kanyang "kawalang bahid o sakdal" (tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba).

Pansinin ang pagtutulad (paralelismo) ng bawat-isa tambalan.

1. ayon sa aking katuwiran
2. ayon sa kalinisan ng aking mga kamay
3. aking iningatan ang mga daan ng PANGINOON
4. hindi ako humiwalay ng masama sa aking Diyos
5. lahat niyang mga kahatulan ay nangasa harap ko (para sa #5 at #6 tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2)
6. hindi ko inihiwalay ang kaniyang mga palatuntunan sa akin
7. Ako rin nama'y sakdal sa kaniya
8. ako'y nagingat ng aking sarili sa aking kasamaan

**NATATANGING PAKSA: WALANG KASALANAN, INOSENTE, WALANG SALA, WALANG KASIRAAN**

A. Mga Panimulang Pahayag

1. Sa teolohiya, ang konseptong ito ay naglalarawan ng orihinal na kalalagayan ng sangkatauhan. ((i.e., Genesis 1, ang Hardin ng Eden).
2. Ang kasalanan at paghihimagsik ay winasak ang kalalagayang ito ng ganap na pakikipag-ugnayan (i.e., Genesis 3).
3. Ang sangkatauhan (lalaki at babae ay nag-aasam ng pagpapanumbalik ng pakikipag-ugnayan sa Diyos dahil sila ay nilalang sa Kanyang larawan at wangis (i.e., Genesis 1:26-27).
4. Ang Diyos ay nakitungo sa sangkauha nang maraming paraan
   a. Maka-Diyos na mga pinuno (i.e., Abraham, Moises, Isaias)
   b. Sistema ng paghahandog (i.e., Levitico 1-7)
   c. Maka-Diyos na mga halimbawa (i.e., Noah, Job)
5. Sa katapusan, ang Diyos ay nagkaloob ng Mesias
   a. Bilang isang lubos na kapahayagan ng Kanyang sarili
   b. Binag isang ganap na paghahandog para sa kasalanan
6. Ang mga Kristiyano ay ginawang walang kasalanan
   a. Sa kautusan, sa pamamagitan ng itinuring na katuwiran ni Kristo
   b. Nagpapatuloy, sa pamamagitan ng gawa ng Espiritu
   c. Ang layunin ng Kristiyanismo ay ang pagiging katulad ni Kristo (cf. taga-Roma 8:28-29; taga-Efeso 1:4), na sa katotohanan, ay nag pagpapanumbalik ng larawan ng Diyos na nawala sa pagkahulog nina Adan at Eba
7. Ang langit ay isang pagpapanumbalik ng ganap na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden. Ang langit ay ang Bagon Herusalem na bababa mula sa presensya ng Diyos (cf. Pahayag 21:2) patungo sa isang malinis na mundo (cf. II Pedro 3:10). Ang Bibliya ay nagsimula at magtatapos sa magkatulad ng tema (paksa).
   a. Napakalapit, pansariling pakikipag-ugnayan sa Diyos
   b. Sa isang pang-harding tagpuan (Genesis 1-2 at Pahayag 21-22)
   c. Sa pamamagitan ng kapahayagan ng propesiya, ang presensya at pagsasama ng mga hayop

B. Lumang Tipan
1. Mayroong napakaraming iba't-ibang Hebreong salita na magdadala ng konsepto ng kalubusan, kawalang kapintasan, kawalang-sala; na ito may maging mahirap na pangalanan at ipakita ang masikot na mga kaugnayan.
2. Ang pangunahing terminong ito na nagdadala ng konsepto ng kalubusan, kawala ng kasalanan, o kawalang-sala (ayon kay Robert B. Girdlestone, Synonyms ng the Lumang Tipan, pp. 94-99) ay:
   a. *Shalom*
   b. *Thamam*
   c. *Calah*
3. Ang Septuagint (i.e., ang Bibliya ng unang iglesiya) ay isinalin ang maraming mga konseptong ito sa terminong ginamit nito sa Koine Griyegong sa NT.
4. Ang susing konsepto ay maiuugnay sa sistemang paghahandog
   a. *amōmos* (cf. Exodo 29:1; Levitico 1:3,10; 3:1,6,9; Bilang 6:14; Mga Awit 26:1,11)
   b. *amiantos* at *aspilus* ay mayroon pang-kultong pagpapakahulugan

C. Bagong Tipan
1. ang legal na konsepto
   a. Hebreong legal na pang-kultong kahulugan ay isinasalin sa amōmos (cf. taga-Efeso 5:27; taga-Filipos 2:15; I Pedro 1:19)
   b. Griyegong legal na kahulugan (cf. I taga-Corinto 1:8; taga-Colosas 1:22)
2. Kristo ay ang Isang walang kasalanan, walang kapitasan, walang-sala (*amōmos*) (cf. Hebreo 9:14; I Pedro 1:19)

3. Ang mga taga-sunod ni Kristo ay kailangang tularan Siya (*amōmos*) (cf. taga-Efeso 1:4; 5:27; taga-Filipos 2:15; taga-Colosas 1:22; II Pedro 3:14; Judas 24; Pahayag 14:5)
4. Ito konsepto ay na ginagamit din sa mga pinuno ng iglesiya
   a. *anegklētos*, "walang maipaparatang" (cf. I Timoteo 3:10; Tito 1:6-7)
   b. *anepileptos*, "angat sa mga puna" o "hindi matatanganan sa kasiraan" (cf. I Timoteo 3:2; 5:7; 6:14; Tito 2:8)
5. Ang konsepto ng "walang dungis" (*amiantos*) ay ginamit
   a. Kay Kristo mismo (cf. Hebreo 7:26)
   b. Sa mga minana ng Kristiyano (cf. I Pedro 1:4)
6. Ang konsepto ng "pagiging-buo" o "katumpakan" (*holoklēria*) (cf. Mga Gawa 3:16; I taga-Thesalonica 5:23; Santiago 1:4)
7. Ang konsepto ng "walang kapintasan," walang kasalanan ay ipinababatid sa pamamagitan ng *amemptos* (cf. Lucas 1:6; taga-Filipos 2:15; 3:6; I taga-Thesalonica 2:10; 3:13; 5:23)
8. Ang konsepto ng "hindi sa ilalalim ng pagpaparatang" ay ipinababatid sa pamamagitan ng *amōmētos* (cf. I Pedro 3:14)
9. Ang konsepto ng "walang dungis," "walang-sala" ay kadalasang ginagamit din ng mga talata na mayroon nito sa mga termino sa itaas (cf. I Timoteo 6:14; Santiago 1:27; I Pedro 1:19; II Pedro 3:14)

D. Ang bilang ng mga salita sa Hebreo at Griyego na nagpapabatid ang konseptong ito ay nagpapakita ng kanyang kahalagahan. Ang Diyos ay nagtustos sa ating pangangailangan sa pamamagitan ni Kristo at ngayon ay tumatawag sa atin na maging katulad Niya.

Ang mga mananampalataya sa kalalagayan, ayon sa kaulusan, ay ipinapahayag na declared "makatuwiran," "matuwid," "walang kasalanan" sa pamamagitan ng ang gawa ni Kristo. Ngayon, ang mga mananampalataya ay kailangang angkinin ang kanilang kalalagayan. "Lumakad sa liwanag gaya nang Siya ay nasa liwanag" (cf. I Juan 1:7). "Lumakad nang karapat-dapat sa panawagan" (cf. taga-Efeso 4:1,17; 5:2,15). Ipinanumbalik ni Hesus ang larawan ng Diyos. Ang napakalapit na pakikipag-ugnayan ay ngayon ay maaari na, ngunit tandaang ang Diyos ay nanganganilangan ng isang isang bayan na maglalarawan ng Kaniyang katangian, tulad ng ginawa ng Kanyang anak. Tayo ay tinatawag, hindi bababa sa kabanalan (cf. Mateo 5:20,48; taga-Efeso 1:4; I Pedro 1:13-16). Ang kabanalan ng Diyos, hindi lamang pangkautusan, ngunit pang-pamumuhay!

**18:20 "ginanting-pala niya ako"** Ang PANDIWANG ito (BDB 996, KB 1427) ay inulit sa hulihan ng istropa (cf. v. 24). Mayroong mga kahihinatnan para sa di-pananampalataya, ngunit, salamat sa Diyos, mayroong mga pakinabang para sa isang matapat na tagasunod! Ang mga ito ay inilatag sa susunod na istropa (Awit 18:25-29).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:25-29**

**25 Sa mahabagin ay pakikilala kang mahabagin;**
**sa sakdal na tao ay pakikilala kang sakdal;**
**26 Sa dalisay ay pakikilala kang dalisay,**
**at sa matigas na loob ay pakikilala kang mapagmatigas.**
**27 Sapagka't iyong ililigtas ang napipighating bayan,**
**nguni't ang mga mapagmataas na mata ay iyong ibababa.**
**28 Sapagka't iyong papagniningasin ang aking ilawan;**
**liliwanagan ng PANGINOON kong Diyos ang aking kadiliman.**
**29 Sapagka't sa pamamagitan mo ay dadaluhungin ko ang isang hukbo;**
**at sa pamamagitan ng aking Diyos ay lulukso ako sa kuta.**

**18:25-29** Ang mga ito ay ang kahanga-hanga, banal na mga kahihinatnan sa sumusunod sa isang matapat na mananampalataya.

1. "Sa mahabagin (BDB 339), ay pakikilala kang mahabagin" (BDB 338, KB 336, *Hithpael* DI-GANAP; ang talatang ito at ang kaagapay sa 2 Samuel 22:26 ay ang tanging mga lugar sa OT na ang PANDIWANG anyong ng natatanging kasunduan PANGNGALAN, *hesed*, ay makikita; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7). Pansinin na ang "sa" (עם) ay nagpapakilala sa vv. 25-26, habang ang "para sa" (כי) ay nagpapakilala sa vv. 27-29.
2. "sa sakdal na tao (BDB 1071, cf. v. 23) ay pakikilala kang sakdal" (BDB 1070, KB 1752, *Hithpael* DI-GANAP).
3. "Sa dalisay (BDB 140, KB 162, *Niphal* PANDIWARI, cf. Isaias 52:11) ay pakikilala kang dalisay" (BDB 140, KB 162, *Hithpael* DI-GANAP). Pansinin ang antitetikong pagtutulad (paralelismo) ng vv. 26 at 27.
4. "sa matigas na loob (BDB 786 I) pakikilala kang mapagmatigas (BDB 836, KB 990, *Hithpael* DI-GANAP). "Manlilinlang" ay ang kasalungat ng matuwid, na nagpapakilala ng katapatan, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5.
5. "Sapagka't iyong ililigtas (BDB 446, KB 448, *Hiphil* DI-GANAP) ang napipighating bayan." Ang mahirap o napipighating bayan ay pinag-iba sa masasamang tao.
6. "nguni't ang mga mapagmataas na mata (BDB 926, KB 1202, *Qal* PANDIWARI, cf. Isaias 2:11; 5:15) ay iyong ibababa" (BDB 1050, KB 1631, *Hiphil* DI-GANAP). Pansinin ang antitetikong pagtutulad (paralelismo) ng v. 27 (2 Samuel 22 na kaagapay ay bahagyang naiiba).

Ang istropa ay nagpapatibay ang batayang biblikal na katotohanan na ang isa ay mag-aani nang kanyang hinasik (cf. Job 34:11; Awit 28:4; 62:12; Kawikaan 24:12; Ecclesiastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; taga-Roma 2:6; 14:12; 1 taga-Corinto 3:8; 2 taga-Corinto 5:10; taga-Galacia 6:7-10; 2 Timoteo 4:14; 1 Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12).

**18:28-29** Ang anyo ng vv. 25-27 ay iniba sa vv. 28-29. Ang salmista ay gumawa nang maraming salaysay tungkol sa mga pagkilos ni YHWH.

1. Sapagka't iyong papagniningasin (BDB 21, KB 24, *Hiphil* DI-GANAP) ang aking ilawan (BDB 632, 2 Samuel 22:29 ay mayroong "Ikaw ay aking Ilawan."
2. liliwanagan ni YHWH kong Diyos (BDB 618, KB 667, *Hiphil* DI-GANAP, magkasingkahulugang pagtutulad (paralelismo) para sa MGA PANDIWA) ang aking kadiliman (ang mga paksa ay antitetikong pagtutulad (paralelismo), i.e., ilawan laban sa kadiliman).
3. Sapagkat sa pamamagitan mo ay dadaluhungin ko (i.e., matatalo) ang isang hukbo (BDB 151 ako, i.e., panghukbong yunit). Ang ilan Ingles na mga salin ay kinukuha גדוד (BDB 151) sa kaunawaan ng "pampang" at isinalin isang parirala na umaagapay sa "lumukso sa isang pader" (cf. REB, NIB). Ang LXX (i.e., *A New English Translation of the Septuagint*, 2007) ay may isang lubusang naiibang parirala, "dahil sa'yo, ako ay maililigtas mula sa kuta ng pirata." Ang 1970 na salin ng LXX ay mayroong pang-tradisyong salin. Ang UBS Text Project ay nagbibigay sa salitang "hukbo" ng isang "A" na antas. Ang kaagapay sa 2 Samuel 22 ay mayroon din nito.

   Ang AB ay ipinagpapalagay na ang "hukbo," na matatagpuan lamang dito, ay dapat na "lakas," גד, na kaagapay din ng susunod na linya (p. 114).
4. sa pamamagitan ng aking Dios ay lulukso ako sa kuta. Mga Bilang 3 at 4 ay hindi magkasingkahulugan ngunit ay dalawang iba't-ibang paraan upang ipakita ang kapangyarihan ng pagpapalakas ng Diyos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:30-36**

**30 Tungkol sa Diyos ang kaniyang lakad ay sakdal;**
**ang salita ng PANGINOON ay subok;**

**siya'y kalasag ng lahat na nanganganlong sa kaniya.**
**31Sapagkat sino ang Diyos, liban sa Panginoon?**
**At sino ang malaking bato maliban sa ating Diyos,**
**32Ang Diyos na nagbibigkis sa akin ng kalakasan**
**at nagpapasakdal sa aking lakad?**
**33Kaniyang ginagawa ang aking mga paa na gaya ng mga paa ng mga usa,**
**at inilalagay niya ako sa aking mga mataas na dako.**
**34Kaniyang tinuturuan ang aking mga kamay na makipagdigma,**
**na anopa't ang aking mga kamay ay bumabali ng busog na tanso.**
**35Iyo namang ibinigay sa akin ang kalasag na iyong pangligtas,**
**at inalalayan ako ng iyong kanan;**
**at pinadakila ako ng iyong kahinahunan.**
**36Iyong pinalaki ang aking mga hakbang sa ilalim ko,**
**at ang aking mga paa ay hindi nangadulas.**

**18:30-36** Ang istropang ito ipinapaliwanag kung bakit ang salmista nagbigay kay YHWH ng mga titulo sa 18:2. Kanyang mga pagkilos ay nagdadala ng mga titulo!

1. ang Kaniyang lakad ay sakdal (lit. "buo" o "ganap," BDB 1071, cf. vv. 23,30,32).
2. ang Kaniyang salitang/pangako (BDB 57, ginamit 19 beses sa Awit 119) ay subok o nasubok (BDB 864, KB 1057, *Qal* BALINTIYAK NA MGA PANDIWARI, cf. 2 Samuel 22:31; Awit 119:140; Kawikaan 30:5). Tingnan ang mga video sa "Ang Katapatan ng Salita ng Diyos" sa www.freebiblecommentary.org, pangangaral mula sa Lakeside Baptist Church, Dallas, TX.
3. Siya ay isang kalasag (BDB 171, cf. 18:2)
4. Siya ay isang bato (BDB 849, cf. 18:2)
5. Siya ay nagbibigkis (BDB 25, KB 28, *Piel* PANDIWARI, cf. 18:39) sa akin ng kalakasan (BDB 298, kasingkahulugan ng BDB 305 sa Awit 18:2)
6. Siya ay nagpapasakdal sa aking lakad (BDB 1071, cf. 18:23,30,32)
7. Kaniyang ginagawang ligtas ang aking paa (BDB 763, KB 840, *Hiphil* DI-GANAP) na gaya ng mga paa ng mga usa (i.e., matigas na tumayong mga usa na naglalakad nang ligtas sa magaspang, mabatong mga lugar, cf. Habakkuk 3:19)
8. Siya ang nagsasanay/nagpapalakas/nagtuturo sa akin para sa digmaan, cf. Awit 144:1
9. Siya ang nagkaloob sa aking ng kalasag ng Kanyang kaligtasan, cf. 18:2
10. Ang Kanyang kanang kamay ang nagpapatibay sa akin, cf. Awit 63:8; 119:117 (ang kanang kamay ay isang wikain ng makapangyarihang pagkilos, tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay sa Awit 7:3-4)
11. Kanyang kahinahunan/kababaang-loob (KB 855 II, cf. 2 Samuel 22:36; pansinin din ang Kawikaan 15:33; 18:12; 22:4) ay pinadakila ako
12. Iyong pinalaki (BDB 931, KB 1210, *Hiphil* DI-GANAP) ang aking mga hakbang (i.e., kaagapay ng 18:19a; Awit 4:1; 12:5; 31:8; 118:5). Ang NIDOTTE, tomo 1, p. 317 ay may isang mabuting kaisipan, "Ang tiyak ay kung anog ang malawak ay nagpapahiwating ng kaligtasan, ang pagkamakibot ay sumasagisag sa kaguluhan at panganib."
13. ang aking mga paa ay hindi nangadulas (BDB 588, KB 609, *Qal* GANAP NA, i.e., manatili sa landas, cf. 18:20-24; tingnan ang tala sa Awit 1:1 para sa landas/ daan)

**18:30 "Sapagkat sino ang Diyos, liban sa PANGINOON"** Ito ay isang pagpapahiwatig sa monoteismo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:7.

**18:35**
**NASB, NKJV "kahinahunan"**

**NRSV** **"tulong"**
**JPSOA** **"kalinga"**
**NASB, JPSOA**
**mga talababa** **"pagpapababa"**
**REB, NAB** **"bumaba"**
**LXX** **"pagtuturo"**

Ang Hebreong salitang-ugat na ay "pagpapakababa" (BDB 776, ענה) o "kababang-loob" (BDB 776, ענוה). Ang BDB ay sinasang-ayunan ang pangalawa opsyon (NASB), ngunit UBS Text Project ay nagbibigay sa unang opsyon ng isang "B" na antas (ilang pagduruda, NRSV).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:37-42**
**37 Aking hahabulin ang aking mga kaaway, at aabutan ko sila,**
**hindi man ako babalik hanggang sa sila'y malipol.**
**38 Aking sasaktan sila, na anopa't sila'y huwag makatayo;**
**sila'y mangalulugmok sa ilalim ng aking mga paa.**
**39 Sapagka't iyong binigkisan ako ng kalakasan sa pagbabaka;**
**iyong pinasuko sa akin yaong nagsisibangon laban sa akin.**
**40 Iyo rin namang pinatatalikod sa akin ang aking mga kaaway,**
**upang aking maihiwalay silang nangagtatanim sa akin.**
**41 Sila'y nagsihiyaw, nguni't walang magligtas,**
**pati sa PANGINOON, nguni't hindi niya sinagot sila.**
**42 Nang magkagayo'y aking dinurog sila na gaya ng alabok sa harap ng hangin;**
**aking inihagis sila na gaya ng putik sa mga lansangan.**

**18:37-42** Ang istropang ito ay ang paglalarawan ng salmista kung papaano, sa pamamagitan ng tulong/ pagpapalakas ni YHWH, kanyang tinalo ang mga kaaway. Muli, ito ay di-tiyak kung sino ang mga kaaway, ngunit v. 41 ay nagpapahiwatig na sila ay kapwa mga Israelita (i.e., hukbo ni Saul, Absalom, o ibang mga rebelde).

1. Aking hahabulin ang aking mga kaaway
2. aabutan ko sila
3. hindi man ako babalik hanggang sa sila'y malipol (ngunit ang mga kaaway ay babalik, cf. v. 40)
4. Aking sasaktan sila
   a. sila'y huwag makatayo
   b. sila'y mangalulugmok sa ilalim ng aking mga paa
5. Sapagka't iyong binigkisan (i.e., ihanda para sa pagkilos) ako ng kalakasan sa pagbabaka
6. iyong pinasuko (i.e., idulot na yumuko) sa akin
7. Iyo rin namang pinatatalikod
8. Aking wawasakin silang napopoot sa akin
9. aking dinurog sila na gaya ng alabok
10. aking inihagis sila na gaya ng putik sa mga lansangan (cf. 2 Samuel 22:43; Mikas 7:10)

Pansinin ilang paglalarawan ng mga pagkilos ni David at ilang pagpapalakas ni YHWH sa mga pagkilos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:43-45**
**43 Iniligtas mo ako sa mga pakikipagtalo sa bayan;**
**iyong ginawa ako na pangulo ng mga bansa;**
**isang bayan na hindi ko nakilala ay maglilingkod sa akin.**
**44 Pagkarinig nila sa akin ay tatalimahin nila ako;**
**ang mga taga ibang lupa ay magsisisuko sa akin.**

> [45]**Ang mga taga ibang lupa ay manganghihiluka,**
> **at sila'y magsisilabas na nanganginginig mula sa kanilang mga taguang dako.**

**18:43-45** Ang istropang ito ay tumutukoy sa itinaas ng lugar ng Hari ng Israel para sa mga plano ni YHWH para sa mga bansa. Ang Israel ("ang bayan" ng v. 43a) ay inatasang ipaalam sa mga bansa at kayagin sa pananampalataya kay YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa sa Panimula sa Awit 2). Ngunit pansinin na ang Israel ay "tumututol" (cf. Awit 35:1).

Pansinin ang iba't-ibang mga parirala na tumutukoy sa mga di-Israelita (i.e., mga Hentil).

1. ang Hari ng Israel (cf. 18:50) ay ginawang pinuno sa mga bansa
2. ang mga bansa ay mga tao na ang Hari ay may hindi nakikilala ngunit ngayon, sila ay naglilingkod (BDB 712, KB 773, *Qal* DI-GANAP) sa kaniya
3. sa sandaling narinig ng mga bansa ang Hari sila ay
   a. sumunod (BDB 1033, KB 1570, *Niphal* DI-GANAP)
   b. nagpasakop (lit. "nagsisinungaling" o "nadaya," ngunit ginamit sa isang kaunawaan ng "sumukot"; maaaring "kapayatan" o kanilang pagbawas ng bilang at impluwensiya. Ang Hebreong PANDIWA ay mayroong kapwa kaunawaan) – BDB 471, KB 469, *Piel* DI-GANAP
   c. kumukupas – BDB 615, KB 663, *Qal* DI-GANAP
   d. dumating na nanginginig – BDB 353, KB 350, *Qal* DI-GANAP; tanging dito sa OT sa labas ng kanilang tanggulan – (maaaring "katabaan," BDB 689, o KB 604, "bilangguan," cf. Mikas 7:17)

Pansinin na ang lahat ng MGA DI-GANAP (siyam) na nagpapakilala ng nagpapatuloy na pagkilos (i.e., nagpapatuloy na pagkatalo).

> **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:46-50**
> [46]**Mabuhay nawa ang PANGINOON at maging mapalad nawa ang aking malaking bato;**
> **at dakilain ang Dios ng aking kaligtasan,**
> [47]**Sa makatuwid baga'y ang Dios na ipinanghihiganti ako,**
> **at nagpapasuko ng mga bayan sa akin.**
> [48]**Kaniyang inililigtas ako sa aking mga kaaway;**
> **Oo, itinataas mo ako sa nagsisibangon laban sa akin;**
> **iyong inililigtas ako sa mangdadahas na tao.**
> [49]**Kaya't ako'y magpapasalamat sa iyo, Oh PANGINOON, sa gitna ng mga bansa,**
> **at aawit ako ng mga pagpupuri sa iyong pangalan.**
> [50]**Dakilang kaligtasan ay ibinibigay niya sa kaniyang hari,**
> **at nagpapakita ng kagandahang-loob sa kaniyang pinahiran ng langis,**
> **Kay David at sa kaniyang binhi magpakailan man.**

**18:46-50** Ang istropang ito ay ang pasasalamat ng salmista kay YHWH para sa Kanyang katangian at mga pagkilos!

Pansinin ang mga titulo at mga paglalarawan kay YHWH.

1. mabuhay – ito ay ang PANG-URI (BDB 311) na nagmula sa PANDIWANG "na maging" (BDB 217), siyang kahulugan ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1). Siya ay ang nabubuhay, Siyang tanging nabubuhay! Ang pariralang "mabuhay nawa si YHWH" ay kadalasang isang panimula sa isang panata, ngunit dito ito nagpapakilala ng isang doxolohiya.
2. aking bato – nagpapakilala kapangyarihan at katatagan (cf. vv. 2,31)
3. ang Diyos (אלה) ng aking kaligtasan
4. ang Kanyang mga gawa sa kapakanan ng Hari
   a. nagpapatupad ng paghihiganti (BDB 668)

b. sinusupil ang mga tao
c. nagpapalaya (cf. v. 50)
d. itinataas siya sa kanyang mga kaaway
e. inililigtas siya mula sa marahas na tao

Pansinin sa liwanag nito, ano ang gagawin ng Hari ng Israel.

1. magbigay pasasalaman sa lahat ng mga bansa
2. umawit ng pagpuri sa Kanyang Pangalan

Ang Hari ay ginawa ito dahil sa

1. pagpapalaya ni YHWH
2. ang kagandahang-loob ni YHWH sa Hari at kanyang mga tagapagmana magpakailan man (cf. 2 Samuel 7)

**18:49** Ang talatang ito (o 2 Samuel 22:50) ay ginamit ni Pablo sa taga-Roma 15:9 upang ipakita na ang plano ni YHWH ng katubusan mula sa pasimula ay kalakip ang mga Hentil (tingnan ang Genesis 1:26-27; 12:3; Exodo 19:5-6).

Ginamit din ni Pablo ang Deuteronomio 32:43; Awit 117:1 at Isaias 11:10. Mayroong palagiang walang hanggang plano ng katubusan para sa lahat ng mga tao (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH sa Awit 2).

**18:50 "kaniyang pinahiran ng langis"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:2.

▣ **"kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7.

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang mga titulo ng Diyos sa talata 2.
2. Diyos ay inilarawan gaya ng ano sa mga talata 7-15?
3. Paano mo lalagyan ng titulo ang mga talata 16-19?
4. Tinuturo ba ng talata 20 ang isang "katuwiran batay sa mga gawa"?
5. Saan nanggaling ang titulo ng "bato" na ginamit ng Diyos? (vv. 2,31,46 at Deuteronomio 32:4,31)
6. Ano ang ipinapahiwatig ng mga talata 43-45?

# AWIT 19

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang mga Gawa at Salita ng Diyos | Ang Sakdal na Kapahayagan ng PANGINOON | Imno sa Diyos bilang Manlilikha at Tagapagbigay ng Kautusan | Kaluwalhatian ng Diyos sa Paglilikha | Yahweh, Anak ng Nagliligtas na Katarungan |
| Panimula sa MT | | | | |
| Para sa Pinunong Mang-aawit. Awit ni David. | | | | |
| 19:1-6 | 19:1-4b | 19:1-4b | 19:1-6 | 19:1-2 |
| | | | | 19:3-5 |
| | 19:4c-6 | 19:4c-6 | | |
| | | | Ang Kautusan ng PANGINOON | 19:6 |
| 19:7-14 | 19:7-11 | 19:7-10 | 19:7-11 | 19:7 |
| | | | | 19:8 |
| | | | | 19:9 |
| | | 19:11-13 | | 19:11-12 |
| | 19:12-13 | | 19:12-13 | |
| | | | | 19:13 |
| | 19:14 | 19:14 | 19:14 | 19:14 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL

A. Ang Awit na ito ay tungkol sa kung papaano makikilala ng tao ang Diyos. Hindi nilang kayang matuklasan Siya Siya ay dapat maghayag ng Kanyang sarili at Siya ay mayroong dalawang paraan.

B. Ang kapahayagan ng Diyos ay dapat na tanggapin at ipatupad sa sarili! Ito ay hindi pangunahin na isang doktrina ngunit isang personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos.

C. Ang Awit na ito ay naging malaking pagpapala sa aking buhay sa dalawang paraan.
   1. ito ay nagpapakita ang pagkamatapat at pagkamahalaga ng Banal na Kasulatan (i.e., vv. 7-10)
   2. ito ay nagbibigay ng isang pag-asa at kapayapaan sa gitna ng ang pang-araw-araw na pakikibaka sa kasalanan (i.e., vv. 11-14) Ang panalangin ng talata 14 ay ang kadalasan kong ipinapanalangin!

D. Maikling Balangkas
   1. Pangkalahatang kapahayagan (ang Diyos ay naghahayag ng Kanyang sarili sa kalikasan, vv. 1-6, cf. taga-Roma 1:19-20; tingnan din ang taga-Roma 2:14-15)
   2. Natatanging kapahayagan (ang Diyos ay naghahayag ng Kanyang sarili sa pamamagitan ng Kanyang ginawa, cf. kaagapay ng linya 2), na nakatala sa Bibliya, ngunit sukdulan sa Kanyang Anak, vv. 7-11, cf. Juan 1:1-14; 14:6,9; 2 taga-Corinto 5:17-21 (tingnan ang Ang Seminar ng Pagbibigay-kahulugan sa Bibliya sa interner sa www.freebible commentary.org, na sumasaklaw sa pangkalahatang pamamaraan sa pagbibigay-kahulugan at natatanging mga pamamaraan para sa iba't-ibang mga genre)
   3. Panalangin ng pagsuko, vv. 12-14

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:1-6**

**1Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos**
**at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng kaniyang kamay.**
**2Sa araw-araw ay nagbabadya ng pananalita,**
**at sa gabi-gabi ay nagpapakilala ng kaalaman.**
**3Walang pananalita o wika man;**
**ang kanilang tinig ay hindi marinig.**
**4Ang kanilang pangungusap ay lumaganap sa buong lupa,**
**at ang kanilang mga salita ay hanggang sa wakas ng sanglibutan.**
**Sa kanila inilagay niya ang tabernakulo na ukol sa araw,**
**5Na gaya ng kasintahang lalake na lumalabas mula sa kaniyang silid;**
**At nagagalak na gaya ng malakas na tao na tatakbo ng kaniyang takbo.**
**6Ang kaniyang labasan ay mula sa wakas ng mga langit,**
**at ang kaniyang ligid ay sa mga wakas niyaon;**
**at walang bagay na nakukubli sa pagiinit niyaon.**

**19:1 "Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos"** Ito ay kilala bilang "kapahayagan sa kalikasan." Ang taga-Roma 1:19-20 ay ipinapahayag ang katulad na katotohanan na bawa't-isa ay maaaring malaman ang tungkol sa Diyos mula sa pisikal na linikha. Pansinin din ang taga-Roma 2:14-15 na nagpapahayag ng isang panloob na saksing moral sa mga tao.

▣ **"kalangitan"** Pansinin ang Awit 8:1; 50:6 at paano sila maiuugnay sa teolohiya ng taga-Roma 1:19-20. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:4.

▣ **"kaluwalhatian"** Tingnan ang BDB 458, #2, C, (2).

**NATATANGING PAKSA: KALUWALHATIAN (*DOXA*)**

Ang biblikal na konsepto ng "kaluwalhatian" ay mahirap maipaliwanag. Ang kaluwalhatian ng mga mananaplataya ay ang naintidihan nila ang ebanghelyo at kaluwalhatian ng Diyos, hindi sa kanilang mga sarili. (cf. 1:29-31; Jeremias 9:23-24).

Sa OT ang karaniwang salitang Hebreo para sa "kaluwalhatian " (כבוד, BDB 468) ay isang orihinal na katagang pangkalakalan na tumutukoy sa isang pares na timbangan, sa pang-literal, "maging mabigat" Na anumang mabigat ay mahalaga o may likas na halaga. Kadalasan ang konsepto ng kaningningan ay idinadagdag sa salita para maipakita ang kataasan ng Diyos. (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang karapat-dapat at marangal. Siya rin ay lubhang makinang para pagmasadan ng makasalanang sanlibutan. (cf. Exodo 33:17-23; Isaias 6:5). Si YHWH ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Juan 12:45; 14:8-11; taga-Colosas 1:15; Hebreo 1:3). Ang katagang "kaluwalhatian" ay minsang hindi maliwanag.

1. ito ay maaring kahanay ng "ang katwiran ng Diyos"
2. ito ay maaring tumukoy sa "kabanalan" o "kasakdalan" ng Diyos
3. ito ay maaring tumutukoy sa larawan ng Diyos na kung saan ang sangkatauhan ay nilikha. (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit sa kalaunay nabahiran ng paghihimagsik. (cf. Genesis 3:1-21). Ito ay unang ginamit sa presensya ni YHWH sa kanyang mga tao sa paglalagalag sa ilang sa Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; at Bilang 14:10.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kalawakan"** |
| **NKJV, NRSV, LXX** | **"papawirin"** |
| **NRSV talababa** | **"kupola"** |
| **NJB, REB** | **"ang arko ng kalangitan"** |
| **JPSOA** | **"himpapawid"** |

Ang termino (BDB 956) ay ginamit sa Genesis 1:6,7 (tatlong beses), 8,14,15,17. Ito ay nagpapakilala ang Hebreong konsepto ng atmospera bilang isang matibay na kupola o inunat na balat (i.e., tolda, cf. Awit 104:2; Isaias 40:22). Ang mga bintana ng kalangitan ay dapat na mabuksan upang pahintulutan ang ulan na mahulog.

Pansinin na ang "kalangitan" sa linya 1 ay magkaagapay sa "kalawakan" sa linya 2.

▣ **"ang gawa ng kaniyang kamay"** Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng personal na pagkakasangkot ni YHWH sa linikha (cf. Isaias 48:13; 64:8). Ito ay tiyakang nagpapakita ng Kanyang personal na paglilikha kay Adan sa Genesis 2:7 (i.e., "ginawa," hindi iniwika upang pag-iral).

**19:2-3 "araw-araw"** Pansinin ang pagsasakatauhan ng kapwa ang "araw" at "gabi." Ang punto na ang linkha na nagpatuloy, bagaman tahimik (cf. v. 3), ay nagbibigay ng kapahayagan/mensahe tungkol sa Diyos (i.e., isang mabuting makabagong proposiyon ng konseptong it ay ang "Intelligent Design" movement).

**19:2 "nagbabadya ng"** Ang PANDIWANG ito (BDB 615, KB 665, *Hiphil* DI-GANAP) ay mayroong panimulang kahulugan na isang "mabulang tagsibol" (cf. Kawikaan 18:4). Ito ay ginagamit na patalinghaga na nagsasabi ng:

1. positibo – Awit 19:2; 119:171; 145:7; Kawikaan 1:23
2. negatibo – Awit 59:7; 94:4; Kawikaan 15:28

▣ **"sa gabi-gabi ay nagpapakilala ng kaalaman"** Ang sangkatauhan ay mayroong ay palaging tumitingin sa pagkamangha at minsan sa pagsamba sa diyus-diyosan at mga bituin sa langit (cf. 2 Hari 23:5; Awit 8:1,3).

**19:3 "Walang pananalita"** Ito ay tumutukoy sa katahimikan ng kalikasan, ngunit makapangyarihan, na patotoo.

**19:4**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"pangungusap"** |
| **NRSV, JPSOA** | **"tinig"** |
| **TEV, NJB, REB** | **"mensahe"** |
| **LXX NASB sa gilid** | **"tunog"** |
| **NEB** | **"musika"** |
| **Peshitta** | **"mga salita"** |

Ang MT ay mayroong קקם (BDB 876 II, KB 1081 mula sa קו), na nagpapakilala isang "hangganang linya," "pangmusikang himig" (cf. NEB). Ang UBS Text Project ay binibigyan ito isang "A" na antas. Gayunman, ang LXX at Jerome ay mayroong ולמק (BDB 876, KB 1083 mula sa קול) na nangangahulugang "pagsasalita," "salita," "pag-iyak," na tila pinakaakma sa kontekto (katulad na salitang-ugat sa v. 3, i.e., 'tinig"). Ang naunang iglesiya ay ginamit (i.e., sinipi mula sa) ang LXX.

▣ **"lumaganap sa buong lupa. . . hanggang sa wakas ng sanglibutan"** Ang unang dalawang linyang ng v. 4 ay magkasingkahulugang pagtutulad (paralelismo). Ang teolohikong layunin ay ang pangkalahatang pagkakaroon ng kapahayagan ng Diyos sa mga tao (cf. Isaias 42:10; 49:6; 62:11). Ang lahat ay may pananagutan para sa kanilang kaalaman ng Diyos (taga-Roma 1:18-3:18).

Ang kapahayagan sa kalikasan (o natural na kapahayagan) (i.e., sa pamamagitan ng ang pisikal na linikha at isang panloob na saksing pang-moral) ay nagdudulot ng isang espirituwal na pananagutan sa bahagi ng lahat ng mga tao (cf. taga-Roma 1:18-3:18). Kapag ang isang tao ay naligtas, ito ngayon ay nagiging isang paraan ng pagkamangha, papuri, at pagsamba sa Diyos ng linikha (cf. Awit 8).

**19:4c-6 "ang araw"** Ang paglalarawang ito na gumagamit ng araw ay hindi isang pang-agham na paglalarawan o mitolohikong pagsusulit ngunit karaniwan sa OT wika na ginagamitang ng mga kilalang paglalarawang wikain para sa isang pangyayari sa kalikasan. Pansinin ang paglalarawan.

1. ang araw ay may isang tabernakulo (i.e., abode), v. 4c
2. ang araw ay isang kasintahang lalaki, v. 5a
3. ang araw ay tatakbo ng kaniyang takbuhin, v. 5b (i.e., inilarawan sa v. 6)

Gaya ng pagliliwanag ng araw lights sa buong mundo, kaya gayundin, ang kapahayagan ng katangian, kapangyarihan, kagandahan, at disenyo ng Diyos ay pangkalahatan (cf. v. 4a,b). Bawat tao ay mayroong nalalabang ilang bagay tungkol sa Diyos. Ang tanging ibang lugar na ang "kapahayagan sa kalikasan" ay ginamit sa teolohiya upang magpakilala ng pantaong pananagutan ay sa taga-Roma 1:18-3:18.

Si Pablo ay tiyakan ding ginamit ang talatang ito sa taga-Roma 10:18 sa isang konteksto na nagpapakilala ng pangangailagan ng mundo sa pakikinig/pagtanggap ng mensahe ng Diyos kay Kristo

(i.e., ang ebanghelyo). Ang mga rabbi sa panahon ni Pablo ay kadalasang inilalagay ang maraming mga sipi na magkakasama upang gumawa ng isang punto. Si Pablo ay sinanay sa pamamaraan.

Ang salmista ay maaaring pinili ang araw bilang isang lingkod ni YHWH upang punahin ang pagsamba sa araw ng ANE. Ang Awit na ito, tulad ng Genesis 1, ay ipinapakita si YHWH bilang manlilikha at tagapangasiwa ng mga bagay sa langit (i.e., araw, buwan, mga bituin, mga planeta, kometa, atbp.). Sila ay hindi mga diyos o anghel na may kontrol, o maka-aapekto, sa buhay ng mga tao!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:7-14**

**7Ang kautusan ng PANGINOON ay sakdal, na nagpapanumbalik ng kaluluwa;**
**ang patotoo ng PANGINOON ay tunay, na nagpapapantas sa hangal.**
**8Ang mga tuntunin ng PANGINOON ay matuwid, na nagpapagalak sa puso;**
**ang utos ng PANGINOON ay dalisay, na nagpapaliwanag ng mga mata.**
**9Ang takot sa PANGINOON ay malinis, na nananatili magpakailan man;**
**ang mga kahatulan ng PANGINOON ay katotohanan, at lubos na matuwid.**
**10Mga pinipitang higit kay sa ginto, oo, higit kay sa maraming dalisay na ginto;**
**lalong mainam kay sa pulot, at sa pulot-pukyutan.**
**11Higit dito'y sa pamamagitan ng mga iyo'y mapagpapaunahan ang iyong lingkod;**
**sa pagiingat ng mga yaon ay may dakilang ganting-pala.**
**12 Sinong makasisiyasat ng *kaniyang* mga kamalian?**
**Paliwanagan mo ako sa mga kubling *kamalian*.**
**13Italikod mo rin ang iyong lingkod sa mga kapalaluang *sala*;**
**huwag mong papagtaglayin ang mga yaon ng kapangyarihan sa akin;**
**kung magkagayo'y magiging matuwid ako,**
**at magiging malinis ako sa malaking pagsalangsang.**
**14Maging kalugodlugod nawa ang mga salita ng aking bibig**
**at ang pagbubulay ng aking puso sa iyong paningin,**
**Oh PANGINOON, na aking malaking bato, at aking manunubos.**

**19:7 "ang PANGINOON"** Ito ay ang kasunduan pangalan para sa Diyos, si YHWH. Ito ay mula sa Hebreong PANDIWA "na maging," cf. Exodo 3:14. Ang mga rabbi ay nagsasabing ito ay tumutukoy sa Diyos sa Kanyang natatanging kasunduan pakikipag-ugnayan sa Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1.

▣ **"sakdal"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Kasalanan sa Awit 18:20-24.

**19:7-9 "kautusan. . .patotoo. . .mga tuntunin. . .utos. . .takot. . .mga kahatulan"** Ito ay magkaka-singkahulugan sa naisulat na kapahayagan ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2.

▣ **"sakdal. . .tunay. . .matuwid. . .dalisay. . .malinis. . .matuwid"** Ang mga ito ay katangian ng nakasulat na kapahayagan ng Diyos. Ang Bibliya ay ang tanging maliwanag, sariling-kapahayagan ng Diyos. Ito ay isang napakahalagang pagpapahayag ng pananampalataya. Ito ay karaniwang tinatawag na "inspirasyon" (tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba). Kung ikaw ay interesado sa aking katibayan para sa ganitong pagpapalagay na pananampalataya, tingnan ang "Ang Pagkamatapat ng NT" sa internet sa www.freebiblecommentary.org, "Mga Sermon sa Video," Lakeside, Dallas.

**NATATANGING PAKSA: INSPIRASYON**

Ang "minsang-para sa-lahat" na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina,

mga konsepto, mga pananaw sa mundo na katuruan ng Kristiyanismo (cf. II Pedro 2:21). Ang minsang ibinigay na pagbibigay-diin na ito ay ang biblikal na batayan para sa teolohikong pagtatakda ng mga sulat sa NT at hindi pinahihintulutang ang mga kinalaunang o ibang mga sulat na maituturing na kapahayagan. Mayroong maraming may kalabuan, di-tiyak, at di-maliwanag na bahagi sa NT, ngunit mga mananampalataya pinaninindigan sa pananampalataya na ang lahat ng bagay na "kailangan para sa pananampalataya at kasanayan ay isinama ng may sapat na kaliwanagan sa NT.

Ang konseptong ito ay inilalarawan sa kung ano ang tinatawag na "ang kapahayagang tatsulok"

1. Ang Diyos ay nagpahayag ng Kanyang sarili sa pahanon-kalawakang kasaysayan (KAPAYAHAGAN)
2. Siya ay pumili ng mga tiyak taong manunulat upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga gawa (INSPIRASYON)
3. Ipinagkaloob Niya ang Kanyang Espiritu upang buksan ang kaisipan at puso ng mga tao upang maunawaan ang mga sulat na ito, hindi pangkahulugan, ngunit may kasapatan sa kaligtasan at sa isang mabisang buhay Kristiyano (ILUMINASYON)

Ang punto nito ay ang inspirasyon ay limitado sa manunulat ng Banal na Kasulatan. Wala nang karagdagan pang awtoridad na mga sulat, mga pangitain, o mga kapahayagan. Ang kanon ay sarado na. Taglay natin ang lahat na katotohanan na kailangan natin upang tumugon nang nararapat at kalugod-lugod sa Diyos.

Ang katotohanan ay pinakamainam na makikita sa pagkakasundo ng mga manunulat ng Bibliya laban sa di-pagkakasunduan ng matatapat, maka-Diyos na mga mananampalataya. Walang makabagong manunulat o tagapagsalita ay may antas ng maka-Diyos na pamumuno na gaya ng ginawa ng mga manunulat ng Banal na Kasulatan.

**19:7-11 "nagpapanumbalik. . .nagpapapantas. . .nagpapagalak. . . nagpapaliwanag. . .nananatili. . .matuwid. . .pinipitang higit. . .lalong mainam. . . mapagpapaunahan. . . pag-iingat"** Ito ay kung ano ang ginagawa ng nakasulat na kapahayagan para sa atin. Oh, ang kahalagahan ng Banal na Kasulatan para sa nalugmok na sangkatauhan!

Pansinin ang tatluhang pagkakaagapay.

| | Mga Titulo para sa Kapahayagan ni YHWH | Paglalarawan ng Kapahayagan ni YHWH | Layunin ng Kapahayagan ni YHWH o Paglalarawan Nito |
|---|---|---|---|
| v. 7a | ang kautusan ng PANGINOON | sakdal/walang kasiraan | nagpapanumbalik ng kaluluwa |
| v. 7b | ang patotoo ng PANGINOON | tunay | nagpapapantas sa hangal (cf. Awit 119:98- 100) |
| v. 8a | ang mga tuntunin ng PANGINOON | matuwid | nagpapagalak sa puso (cf. Awit 119:14) |
| v. 8b | ang utos ng PANGINOON | dalisay | nagpapaliwanag ng mga mata (cf. Awit 36:9; 119:130) |
| v. 9a | ang takot sa PANGINOON | malinis | nananatili magpakailan man |
| v. 9b | ang mga kahatulan ng PANGINOON | katotohanan | lubos na matuwid (cf. Deuteronomio 32:4; Awit 119:138) |
| v. 10a | | pinipitang higit | ginto, dalisay na ginto (cf. Awit 119:72, 127) |
| v. 10b | | lalong mainam | pulot, pulot-pukyutan (cf. Awit 119:103) |
| v. 11a | | pagiingat ng mga yaon | dakilang ganting-pala |
| **v.** 11b | | iyong lingkod | mapagpapaunahan |

Anong makapangyarihang pag-uulit at pagtutulad (paralelismo)! Ang kapahayagan ng Diyos ay pangkatubusan, pangkaalaman, pagtatagubilin, at isang tunay na pagpapala! Oh, salamat sa Diyos para sa kapahayagan!

**19:8-9 "matuwid"** Ang Hebreong salitang-ugat na sa orihinal ay nangangahulugang "isang panukat na tambo." Ito ay nagpapahayag ng isang pamantayan para sa kahatulan. Ang Diyos mismo ang pamantayan iyan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5.

**19:9 "takot"** Ang PAMBABAENG PANGNGALAN (BDB 432, KB 433) ay nangangahulugang "pitagan" o "may paghangga at paggalang." Ang konsepto ay ginamit kadalasan sa Karunungang Panitikan (cf. Job 4:6; 6:14; 22:4; 28:28; Awit 5:7; 34:11; 90:11; 111:10; 119:38; Kawikaan 1:7; 2:5; 8:13; 9:10; 10:27; 14:26-27; 15:16; 16:6; 19:23; 22:4; 23:17). Ang paulit-ulit na mensahe ay na paghanga/paggalang/ pagkatakot ay ang simula ng karunungan! Kung walang Diyos, ay walang katotohanan, tanging nalugmok na pantaon mga opinyon at mga tradisyon (cf. Isaias 29:13).

▣**"nananatili magpakailan man"** Ang katulad na katotohanang ito ay ipinapahayag sa pamamagitan ni Hesus sa Mateo 5:18; 24:35; Marcos. 13:31; Lucas 21:33.

**19:10 "Mga pinipitang higit kay sa ginto. . . pulot"** Inilalarawan ba nito ang ating saloobin sa kapahayagan ng Diyos? Ang Bibliya mo ba ang iyong pinakamahalagang pag-aari?

**19:11 "iyo'y mapagpapaunahan ang iyong lingkod"** Ang Diyos ay ipinagkaloob sa ating ang isang patnubay para sa isang buhay ng kapayapaan at kaligayahan, ngunit ito ay dapat na ipinapamuhay! Mayroong isang banal na landas (tingnan ang tala sa Awit 1:1) at tayo ay dapat na manatili dito (cf. Mateo 7:13-14).

**19:12-13** Ang mga talatang ito ay isang pagkilala at panalangin na sa gitna ng ating kasalukuyang nalugmok na kamangmangan at kahangalan, ang Diyos ay mabisang makikitungo sa ating nalugmok na kalikasan.

1. "Sinong makasisiyasat ng kaniyang mga kamalian?" (cf. Awit 40:12). Tanging Diyos nakakaalam ng puso. Siya ang dapata na humatol (cf. Awit 139:23-24; 1 taga-Corinto 4:4-5; Hebreo 4:12-13).
2. "Paliwanagan mo ako sa mga kubling kamalian." Ito ay isang PAUTOS ng panalangin (BDB 667, KB 720, *Piel* PAUTOS). Pansining ito ay "mga kubling kamalian," hindi buka na paghihimagsik (cf. Levitico 4:2,22,27; 5:15-18; 22:14).
3. "Italikod mo ang iyong lingkod sa mga kapalaluang sala." Ito ay isa pang PAUTOS ng panalangin (BDB 362, KB 359, *Qal* PAUTOS). Ito ay bukas na paghihimagsik.

   Ang PANG-URING "palalo" (BDB 267) ay ginamit nang maraming beses sa Awit 119 (cf. vv. 21, 51,69,78,85,122) at isinalin na "mapagmataas," na nagpapakilala isang saloobin ng paghihimagsik. Sa kontekstong ito, ito tumutukoy sa mga kilalang kasalanan.
4. "huwag mong papagtaglayin ang mga yaon ng kapangyarihan sa akin." Ang PANDIWA ay isang *Qal* DI-GANAP ngunit ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan. Ito ay isa pang punto ng panalangin. Ang kasalanan ay isang nang-aaliping panginoong (cf. taga-Roma 5:21; 6:9,14,17,23).

Ang huling dalawang mga linya ng v. 13 ay nagpapahayag ng mga hinihiling na mga bunga ng panalangin ng salmista.

1. Ako ay tiyak na walang kasalanan
2. Ako ay tiyak na mapapawalang-sala sa matinding pagsuway

Ang salmista ay may malaking pagtitiwala sa pagnanais at kakayahan ni YHWH na magpatawad at kalimutan ang kasalanan/mga kasalanan (cf. Isaias 1:18; 38:17; 43:25; 44:22; Mikas 7:19). Malalaman lamang natin ang mekanismo (kaparaanan) ng pagpapatawad na ito, sa tala at pagpapaliwanag ng NT sa buhay, mga katuruan, kamatayan, muling-pagkabuhay, pag-akyat sa langit, at pagbabalik ni Hesus ang Kristo (i.e., ang ebanghelyo). Habang itinatanyag ng Awit ang paghanga at kadakilaan ng nakasulat na kapahayagan ng Diyos, tanging ang NT ang naghahayag ng kaluwalhatian ng nagkatawang-taong kapahayagan ng Diyos (i.e., ang Buhay na Salita)! Si Hesus ay ang hantungang kapahayagan ng Diyos (cf. Juan 1:1-14; taga-Colosas 1:13-17; Hebreo 1:2-3).

**19:14** Sa liwanag ng kapangyarihan ng kapahayagan ng Diyos at Kanyang kamangha-manghang pagpapatawad, ang salmista ay nagpatuloy sa kanyang panalangin.

1. ang mga salita ng aking bibig (isang PANDIWA, BDB 224, KB 243, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan, namamahala sa #1,2,3)
2. ang pagbubulay ng aking puso
3. "kalugodlugod" (BDB 953) ay
    a. isang karaniwang terminong sa pag-aalay sa Levitico
    b. isang napaka-karaniwang salitang sa Karunungang Panitikan

    Ang NIV ay isinalin ito bilang
    1) nalulugod/kalugod-lugod/kaluguran
    2) katanggap-tanggap/tinanggap
    3) itinangi/katangi-tangi
    4) karapat-dapat
    5) katuwaan

Kapag nakilala na natin Siya at binago niya Him, nais nating mabuhay sa isang paraan na nakakalugod sa Kaniya. Isang paraan na nagdadala sa iba sa Kaniya. Ang tunay na pagpapatawad ay dapat magpalabas ng isang nabago at nagbabagong buhay ng kabanalan (cf. taga-Roma 8:28-30; 2 taga-Corinto 3:18; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 4:13; 1 taga-Thesalonica 4:3; 5:23; 2 taga-Thesalonica 2:13; Tito 2:14; 1 Pedro 1:15)! Ang layunin ng biblikal na pananampalataya ay hindi kalangitan kapag tayo ay namatay ngunit pagiging katulad ni Kristo ngayon!

▣ Maraming paglalarawang titulo ang nagwaks sa Awit na ito habang sila ang nagsimula sa Awit 18 (i.e., v. 2).

1. YHWH (i.e., nabubuhay, naroon lagi, tanging Diyos)
2. Bato
3. Manunubos (*Qal* PANDIWARI, tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba)

**NATATANGING PAKSA: PANGTUBOS/KATUBUSAN**

I. LUMANG TIPAN

A. May dalawang pangunahing legal na Hebreong salitang na nagbibigay sa konseptong ito.

1. *Ga'al* (BDB 145, I), na karaniwang nangangahulugang "palayain sa pamamagitan ng isang halagang kabayaran." Ang anyo ng salitang *go'el* ay nagdadagdag sa konsepto ng isang personal na taga-pamagitan, kadalasang isang miyembro ng pamilya (i.e., kamag-anak na taga-pagtubos). Itong pangkulturang aspeto ng karapatan sa pagbili pabalik ng mga gamit, hayop, lupain (cf. Levitico 25,27), o mga kamag-anak (cf. Ruth 4:15; Isaias 29:22) ay naisalin sa teolohiya sa pagpapalaya ni YHWH sa Israel mula sa Ehipto (cf. Exodo 6:6; 15:13; Awit 74:2; 77;15; Jeremias 31:11). Siya ay naging "ang taga-tubos" (cf. Job 19:25; Awit 19:14; 78:35; Kawikaan 23:11; Isaias 41:14; 43:14; 44:6,24; 47:4; 48:17; 49:7,26; 54:5,8; 59:20; 60:16; 63:16; Jeremias 50:34).

2. *Padah* (BDB 804), na kadalasang nangangahulugang "palayain" o "iligtas"
    a. Ang katubusan ng unang isinilang (panganay) (Exodo 13:13,14 at Bilang 18:15-17)
    b. Ang pisikal na katubusan na pinag-iiba sa espirituwal na katubusan (Awit 49:7,8,15)
    c. Tutubusin ni YHWH ang Israel mula sa kanilang kasalanan at paghihimagsik (Awit 130:7-8)

B. Ang teolohikong konsepto ay kinabibilangang ng maraming magkakaugnay na mga bagay.
1. Mayroong pangangailangan, isang pagkaalipin, isang pagkakaalis, isang pagkabilanggo
    a. Pang-pisikal
    b. pamlipunan
    c. Pang-espirituwal (cf. Awit 130:8)
2. Isang halaga ang kailangang maging kabayaran para sa kalayaan, pagpalaya, at pagpapanumbalik.
    a. Ng bansang Israel (cf. Deuteronomio 7:8)
    b. Ng bawa't-isa (cf. Job 19:25-27; 33:28)
3. Mayroong kailangang kumilos bilang tagapamagitan at tagapagtangkilik. Sa *gaal* ang isa ay kadalasang isang miyembro ng pamilya o malapit na kamag-anak (i.e., *go'el*, BDB 145).
4. Si YHWH ay kadalasang inilalarawan ang Kanyang sariling sa mga pampamilyang mga kataga.
    a. Ama
    b. Asawang lalaki
    c. Malapit na kamag-anak na Taga-pagtubos/Taga-paghiganti

    Ang katubusan ay may katiyakan sa pamamagitan ng personal na kinatawan ni YHWH; isang halagang pinangbayad, at katubusan ay naisakatuparan!

II. BAGONG TIPAN

A. May maraming mga salitang ginamit upang magbigay-kahulugan teolohikong konsepto.
1. *Agorazō* (cf. I taga-Corinto 6:20; 7:23; II Pedro 2:1; Pahayag 5:9; 14:3-4). Ito ay isang pang-komersyong salita na nagpapaliwanag ng isang halagang kabayaran para sa isang bagay. Tayo ay mga taong binili ng dugo na walang kapangyarihan sa ating mga buhay. Tayo kay nabibilang kay Kristo.
2. *Exagorazō* (cf. taga-Galacia 3:13; 4:5; taga-Efeso 5:16; taga-Colosas 4:5). Ito rin ay isang pang-komersyong salita. Ito ay nagpapahayag ng panghaliling kamatayan ni Hesus para sa atin. Ipinataw kay Hesus ang "sumpa" ng isang kautusan na nababatay sa pagsasakatuparan (i.e., Kautusan ni Moises. Cf. taga-Efeso 2:14-16; taga-Colosas 2:14), na hindi maisasakatuparan ng mga makasalanang tao. Tiniis niya ang sumpa (cf. Deuteronomio 21:23) para sa ating lahat (cf. Marcos 10:45; II taga-Corinto 5:21)! Kay Hesus, ang kahatulan at pag-ibig ng Diyos ay ipinagsama sa lubusang kapatawaran, pagtanggap, at paglapit!
3. *Luō*, "upang palayain"
    a. *Lutron*, "isang halagang kabayaran" (cf. Mateo 20:28; Marcos 10:45). Ito ay mga makapangyarihang salita mula sa bibig ni Hesus patungkol sa layunin ng Kanyang pagdating, upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang kasalanang-utang na Hindi niya inutang (cf. Juan 1:29).
    b. *Lutroō*, "upang pakawalan"
        (1) tubusin ang Israel (Lucas 24:21)
        (2) ibigay ang Kanyang sarili upang tubusin at linisin ang mga tao (Tito 2:14)
        (3) maging isang kahaliling walang kasalanan (I Pedro 1:18-19)
    c. *Lutrōsis*, "katubusan," "pagkakalaya," o "pagpapalaya"

(1) Propesiya ni Zacarias patungkol kay Hesus, Lucas 1:68
(2) Papuri ni Anna sa Diyos para kay Hesus, Lucas 2:38
(3) Mas mabuting minsanang paghahandog na alay ni Hesus, Hebreo 9:12

4. *Apolytrōsis*
   a. Katubusan sa Pangalawang Pagdating (cf. Gawa 3:19-21)
      (1) Lucas 21:28
      (2) taga-Roma 8:23
      (3) taga-Efeso 1:14; 4:30
      (4) Hebreo 9:15
   b. Katubusan sa kamatayan ni Kristo
      (1) taga-Roma 3:24
      (2) I taga-Corinto 1:30
      (3) taga-Efeso 1:7
      (4) taga-Colosas 1:14
5. *Antilytron* (cf. I Timoteo 2:6). Ito ay isang napakahalagang talata (tulad ng Tito 2:14) na nag-uugnay sa paghaliling kamatayan ni Hesus sa krus. Siya ang isa at isa lamang na katanggap-tanggap na paghahain, ang isang namatay para sa "lahat" (cf. Juan 1:29; 3:16-17; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14).

B. Ang teolohikong konsepto ng NT.
   1. Ang sangkatauhan ay alipin ng kasalanan (cf. Juan 8:34; taga-Roma 3:10-18; 6:23).
   2. Ang pagkakaalipin ng sangkatauhan sa kasalanan ay nahayag ng OT Kautusan ni Moises (cf. taga-Galacia 3) at pangangaral (sermon) ni Hesus sa Bundok (cf. Mateo 5-7). Ang pagsasakatuparan ng tao ay naging isang hatol ng kamatayan (cf. taga-Colosas 2:14).
   3. Si Hesus, ang walang kasalanang tupa ng Diyos, ay dumating at namatay para sa ating kalalagayan (cf. Juan 1:29; II taga-Corinto 5:21). Tayo ay binili mula sa kasalanan upang tayo ay maglingkod sa Diyos (cf. taga-Roma 6).
   4. Sa pamamagitan ng pagsasangkot, kapwa sina YHWH at Hesus ay "malapit na kamag-anak" na kikilos para sa atin. Ito ay nagpapatuloy ng mga pampamilyang talinghaga (i.e., ama, asawang lalaki, anak na lalaki, kapatid na lalaki, malapit na kamag-anak).
   5. Ang katubusan ay hindi isang halagang ibinayad kay Satanas (i.e., teolohiyang Medieval), kundi ang pagkakasundo ng salita ng Diyos at kahatulan ng Diyos na may pag-ibig ng Diyos at buong pagtustos kay Kristo. Sa krus, kapayapaan ay napanumbalik, ang paghihimagsik ng sangkatauhan ay pinatawad, ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan ngayon ay lubusan muling gumagana sa malapit na pakikipag-ugnayan!
   6. Mayroon pang isang panghinaharap na aspecto ng katubusan (cf. taga-Roma 8:23; taga-Efeso 1:14; 4:30), na kinabibilangang ng ating mga katawan sa muling pagkabuhay at personal na malapit na ugnayan sa Trinidad na Diyos. Ang ating mga katawan sa muling pagkabuhay ay magiging katulad ng sa Kanya (cf. I Juan 3:2). Siya ay mayroong pisikal na katawan, ngunit may isang karagdagang dimensyonal na aspeto. Napakahirap bigyang kahulugan ang kabalintunaan ng I taga-Corinto 15:12-19 kasama ang I taga-Corinto 15:35-58. Maliwanag na mayroong isang pisikal, pang-mundong katawan at magkakaroon ng isang makalangit, espirituwal na katawan. Si Hesus ay kapwa mayroon nito!

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo

dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat.  Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang “pangkalahatang kapahayagan”?  Ano ang masasabi nito sa’yo patungkol sa Diyos?
2. Ano ang kabilangsa “natatanging kapahayagan”?  Ano ang masasabi nito sa’yo patungkol sa Diyos?
3. Bakit dalawang magkaibang pangalan ng Diyos ang ginamit sa Awit na ito?
4. Nakikita mo ba ang lubosna kaligayahan sa Kautusan ng Diyos gaya ng inilalarawan ng Awit na ito?
5. Itala mga katangian ng Kautusan.
6. Ano ang dapat kong gawin tungkol sa mga di-kilalang kasalanan?
7. Ano ang mga “mapangahas na kasalanan”?  Ano ang lubhang di-biro tungkol sa kanila sa OT?
8. Ano ang kahulugan ng talata 14 para sa iyo?

# AWIT 20

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Tagumpay laban sa mga Kaaway<br><u>Panimula sa MT</u><br>Para sa Pinunong Mang-aawit. Awit ni David. | Ang Katiyakan ng Gawing Pagliligtas ng Diyos | Panalangin para sa Tagumpay ng Hari sa Digmaan | Isang Panalangin para sa Tagumpay | Panalangin para sa Hari |
| 20:1-3 | 20:1-3 | 20:1-3 | 20:1-5 | 20:1-2 |
| | | | | 20:3-4 |
| 20:4-5 | 20:4-5 | 20:4-5 | | |
| | | | | 20:5a |
| | | | | 20:5b |
| 20:6-9 | 20:6 | 20:6-8 | 20:6-8 | 20:6 |
| | 20:7-8 | | | 20:7-8 |
| | 20:9 | 20:9 | 20:9 | 20:9 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay maaaring isang liturhikong pambungad sa digmaan, gaya ng Awit 21 ay isang liturhiya ng pagtanggap sa tahanan ng matagumpay na hari at hukbo.

B. Ang mga alay ng v. 3 (i.e., "handog" at "taba") ay maaaring ang inaasahang pang-sakripisyong handog bago ang isang digmaan.
C. Ang awit/sigaw at ang mga watapat ng v. 5 ay maaaring ang inaasahang mga paraan ng pagtanggap sa tahanan ng isang matagumpay na hari.
Awit 21 ay maaaring ang awit na tinutukoy sa 20:5.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:1-3**

**1 Ang PANGINOON ay sumasagot sa iyo sa araw ng kabagabagan!**
**itaas ka sa mataas ng pangalan ng Diyos ni Jacob!**
**2 Saklolohan ka mula sa santuario**
**at palakasin ka mula sa Sion!**
**3 Alalahanin nawa ang lahat ng iyong mga handog**
**at tanggapin niya ang iyong mga haing sinunog! Selah.**

**20:1-3,4-5** Ang istropang ito ay isang panalangin, gaya ng vv. 4-5, na nakikiusap kay YHWH na tulungan ang Kanyang pangkasunduan kinatawan (i.e., ang Davidikong hari, cf. 1 Samuel 8:7; 10:19) sa digmaan (cf. vv. 5,7).

Pansinin ang kalipunan ng MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan (cf. NASB, NRSV, REB, NIV, JPSOA, i.e., mga kahilingan sa panalangin) sa vv. 1-5.

1. Ang PANGINOON ay sumasagot sa iyo sa araw ng kabagabagan – BDB 772, KB 851, *Qal* DI-GANAP
2. itaas ka sa mataas ng pangalan ng Diyos ni Jacob – BDB 960, KB 1305, *Piel* DI-GANAP
3. Saklolohan ka mula sa santuario – BDB 1018, KB 1511, *Qal* DI-GANAP
4. palakasin ka mula sa Sion – BDB 703, KB 761, *Qal* DI-GANAP
5. Alalahanin nawa ang lahat ng iyong mga handog – BDB 269, KB 269, *Qal* DI-GANAP
6. Pagkalooban ka nawa ng nais ng iyong puso – BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 21:2; 37:4
7. tuparin ang lahat ng iyong payo/layunin – BDB 569, KB 583, *Piel* DI-GANAP
8. ganapin nawa ng Panginoon ang lahat ng iyong mga hingi – tulad ng #7

**20:1 "sa iyo sa araw ng kabagabagan"** Ito ay isang paulit-ulit na parirala (cf. Genesis 35:3; 2 Hari 19:3; Awit 50:15; 77:3; 86:7; Kawikaan 24:10; 25:19; Isaias 37:3; Jeremias 16:19; Obadia vv. 12,14; Nahum 1:7; Habakkuk 3:16). Ito ay kumakatawan para sa maraming iba't-ibang mga suliranin na buhay na makikita sa nalugmok na mundong ito. Ang balita ay na Diyos na nababatid ang ating mga suliranin (i.e., Exodo 3:7-8) ay kasama natin sa gitna ng mga suliranin. Siya ang sagot sa lahat ng pantaong pangangailangan at nakakagulat na hinahanap Niya tayo!

Ang terminong "araw" (BDB 398) ay mayroong maraming kahulugan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: ARAW (*YOM)***

Ang mga teorya ng kahulugan ng *yom* (araw) ay kinuha at hinalaw mula kay Dr. John Harris (Dekano ng School of Christian Studies at Propesor ng OT sa East Texas Baptist University) na OT Survey I Notebook:

1. Ang Literal na Dalawamput-Apat na Oras na Teorya
   Ito ay isang tapatang paglapit (cf. Exodo 20:9-11). Maraming mga katanungan ang lumabas mula sa paglapit na ito:
   a. Paanong nagkaroon ng ilaw sa unag araw kung ang araw ay nilikha sa ikaapat na araw?

b. Paanong ang mga hayop (lalo na yaong orihinal na galing sa ibang mga bahagi ng mundo) ay napangalanan ng mas mababa sa isang araw? (cf. Genesis 2:19-20)?

2. Ang Araw-Panahon na Teorya

Ang teoryang ito ay nagtatangka na pagkasunduin ang agham(partikular ang heolohiya) sa kasulatan. Ang teoryang ito ay nagsasaad na ang "mga araw" ay mga "heolohikal na mga panahon" sa haba. Ang kanilang haba ay hindi magkakapareho, at sila ay aproksimasyon ng ilang mga patong na inilarawan sa magkakatulad na heolohiya. Ang mga siyentipiko ay may pagkahilig na sumang-ayon sa pangkalahatang paghuhubog ng Genesis 1: ang halipawpay at ang matubig na masa ay nauna sa paghihiwalay ng lupa at dagat bago pa ang paglitaw ng buhay. Ang mga halamang buhay ay dumating bago pa ang mga buhay ng hayop, at ang sangkatauhan at kumakatawan sa pinakabago at pinakakomplikadong anyo ng buhay. Ang mga katanungan na sumibol mula sa paglapit na ito ay:

a. Paanong ang mga halaman ay nabuhay sa "mga panahon" ng walang araw?
b. Paanong ang polinasyon ay nangyari sa mga halaman kung ang mga insekto at mga ibon ay hindi nagawa hanggang sa "mga panahon" kinamamayaan?

3. Ang Alternatibo Araw-Panahon na Teorya

Ang mga araw sa katotohanan ay dalawamput-apat na oras na mga yugto, ngunit ang bawat araw ay pinaghiwalay ng mga panahon na kung saan ang nilikha ay nahubog. Ang mga katanungan na lumitaw mula sa paglapit na ito ay mga.

a. Ang parehong suliraning sumibol gaya ng sa Araw-Panahon na Teorya.
b. Ang teksto ba ay nagpapakita ng "araw" na parehong ginamit ang dalawamput-apat na oras ng gaya ng sa kapanahunan?

4. Ang Progresibong Paglikha-Sakuna na Teorya

Ang teoryang ito ay tumatakbo ng sa sumusunod: sa pagitan ng Genesis 1:1 at 1:2, mayroong hindi tiyak na periyod ng panahon na ang heolohikal na panahon ay naganap; sa panahon ng periyod na ito, ang nauna sa kasaysayan na mga nilalang ayon sa pagkakasunod-sunod na ipinahihiwatig ng mga fossils ay nilikha; humigit kumulang sa 200,000 nakalipas na taon, isang supernatural na sakuna ang nangyari at nasira ang halos lahat ng buhay sa planetang ito at ginawa ang maraming mga hayop na mawala; pagkatapos ang mga araw sa Genesis 1 ay nangyari. Ang mga araw na ito ay tumutukoy sa isang muling-paglilikha, kaysa sa isang orihinal na paglilikha.

5. Ang Eden-Lamang na Teorya

Ang tala ng paglikha ay tumutukoy lamang sa mga nilikha at sa mga pisikal na aspeto ng Harden ng Eden.

6. Ang Pagitan na Teorya

Batay sa Genesis 1:1, ang Diyos ay nilika ang isang perpektong mundo. Batay sa Genesis 1:2, Si Lucifer (Satanas) ay inilagay na tagapamahala ng mundo at nagrebelde. Ang Diyos magkagayon ay hinatulan si Lucifer at ang mundo sa pamamagitan ng pagwasak. Sa loob ng milyong mga taon, ang mundo ay iniwang mag-isa at ang heolohikal na mga panahon ay lumipas. Batay sa Genesis 1:3-2:3, sa 4004 B.C.E.., ang anim na literal na dalamput-apat na mga araw ng muling-paglilikha ay nangyari. Bishop Ussher (A.D.1654) ay ginamit ang talaangkanan ng Genesis 5 at 11 upang kalkulahin at petsahan ang paglikha ng sangkatauhan ca.4004 B.C.E. Gayunpaman, ang mga talaangkanan ay hindi kumakatawan sa kumpletong kronolohikal na mga kumbinasyon.

7. Ang Sagradong Linggo na Teorya

Ang manunulat ng aklat ng Genesis ay ginamit ang konsepto ng mga araw at isang linggo bilang isang panitikang kasangkapan upang ilatag ng malinaw ang banal na mensahe ng Diyos sa paglikha. Isang istruktura na nagpapakita ng kagandahan at mahusay na proporsyon ng gawang paglilikha ng Diyos.

8. Ang Kosmikong Templong Pagpapasinaya
Ito ang kasalukuyang pananaw ni John H. Walton, The Lost World ng Genesis One, IVP. 2009, na tumitingin sa anim na araw bilang ang "gumaganap na ontolohiya, hindi materyal na ontolohiya. Sila ay naglalarawan sa pagsasayos ng Diyos o pagtatakda ng isang gumaganap na sandaigdigan [ara sa ikabubuti ng mga tao. Ito ay tugma sa ibang mga sinaunang mga kosmolohiya. Para sa halimbawa, ang unang tatlong araw ay maaring kumatawan sa pagtutstos ng Diyos sa "mga kapanahunan (i.e. oras)," "klima (i.e. para sa mga ani)" at pagkain. Ang paulit-ulit na parirala "ito ay mabuti" ay maaring mangahulugan ng pagkakagamit.

Ang ikapitong araw ay maaring maglarawan sa Diyos sa Kanyang lubusang gumaganan at natitirhang "kosmiko templo" bilang sariling Kanya, nagkokontrol at direktor. Ang Genesis 1 ay walang kinalaman sa paglikha ng mga nateryal ngunit sa pagsasa-ayos para sa isang gumaganang lugar para sa Diyos at sa mga tao tungo sa pakikisama. Ang mga "araw" ay naging literaturang kagamitan para ipgabigay alam ang pangkalahtang konsensus ng ANE na:

1. Walang distinksyon sa pagitan ng "natural" at sa "supernatural"
2. Ang Diyos ay kasangkot sa bawat aspeto ng buhay. Ang pagiging iba ng Israel ay hindi pangkalahatang pananaw sa mundo ngunit sumusunod sa
   a. kanyang monoteismo
   b. paglikha ay para sa mga tao, hindi para sa mga diyos
   c. walang alitan sa pagitan ng mga diyos o maging sa mga diyos o sa mga diyos at sa sangkatauhan sa tala ng Israel.

Siya ay hindi nanghiram ng kanyang talang paglikha mula sa iba ngunit nakibahagi sa kanilang pangkalahatang pananaw sa mundo

▣**"ng pangalan ng Diyos ni Jacob"**Mayroong dalawang Natatanging mga Paksa na nagpapaliwang ng pariralang ito.

1. Mga Pangalan ng pagka-Diyos sa Awit 1:1
2. Ang Pangalan ni YHWH sa Awit 5:11-12

▣

**NASB** **"itaas ka nang matiwasay sa mataas"**
**NKJV** **"ipagtanggol ka"**
**NRSV, TEV,**
**NJB, LXX** **"kalingain ka"**
**JPSOA** **"panatiliin kang ligtas"**
**REB** **"maging iyong tore ng kalakasan"**

Ang MT PANDIWA (BDB 960, KB 1305, *Piel* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan) ay mula sa salitang-ugat na "na maging mataas," at samakatuwid mahirap maabot at ligtas (cf. Awit 59:1; 69:29; 91:14; 107:41). Ito ay ang katulad na paglalarawan ng isang mataas, maipagtatanggol na muog na ginamit sa Awit 18:2!

**20:2 "mula sa santuario. . .mula sa Sion"** Ang mga ito ay magkaagapay na mga linyang ng panulaan. Kapwa tumutukoy sa templo ng Herusalem. Ito ay hindi itinayo sa panahon ni David ngunit ang tabernakulo ay nandoon. Ang Herusalem ay tinayo sa ibabaw ng pitong burol; ang templo ay tinayo sa Bundok Moria (cf. 1 Cronica 21:18; 2 Cronica 3:1). Ang Bundok Sion ay ang lugar ng muog ng Jebuseo na nabihag ni David (cf. 2 Samuel 5:7; 1 Cronica 11:5), gayundin ang lugar para sa kanyang palasyo. Ito ay naging pangalan na ginamit para sa ang buong lungsod ng Herusalem at ang pariralang "anak na babae ng Sion" ay para sa Israelitang tao (cf. 2 Hari 19:21).

Pansinin na ang Awit 20:6 ay gumagamit ng pariralang "mula sa Kanyang banal na kalangitan," na

isapang magkaagapay.

**20:3 "Selah"** Tingnan ang tala sa 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:4-5**
**4 Pagkalooban ka nawa ng nais ng iyong puso**
**at tuparin ang lahat ng iyong payo!**
**5 Kami ay aawit nang may kagalakan sa iyong pagtatagumpay,**
**at sa pangalan ng aming Diyos ay aming itataas ang aming mga watawat.**
**ganapin nawa ng PANGINOON ang lahat ng iyong mga kahilingan.**

**20:4 "nais ng iyong puso"** Ito ay "ang" isyu ng kapayapaan at pagtitiwala. Isang mabuting halimbawa ng isang nararapat na pagnanais para sa isang Davidikong Hari ay ang panalangin ni Solomon sa paghahandog ng Templo (cf. 1 Hari 8:22-61).

**20:5**
**NASB "Kami ay aawit nang may kagalakan"**
**NKJV, LXX "kami ay magagalak"**
**NRSV, TEV,**
**JPSOA "kami ay sisigaw para sa kaligayahan"**
**NJB "sa kaligayahan kami ay sumisigaw. . ."**
**REB "Tayo ay umawit na may pagpupuri"**

Ang PANDIWANG ito (BDB 943, KB 1247, *Piel* PANG-PANGKAT) ay nagpapakilala ng isang "sigaw" para sa mabuti o masama, batay sa konteksto. Dito, ito ay kagalakan sa panghukbong tagumpay na naisakatuparan sa pamamagitan ni YHWH (cf. Zephanias 3:14).

▣ **"aming itataas ang aming mga watawat"** Ito ay sinusundan ng דגל (BDB 186, KB 213, *Qal* DI-GANAP [matatagpuan lamang dito sa OT] ay ginamit sa isang PANG-PANGKAT kaunawaan). Ito ay maaaring isang inaasahang alintuntuning sa pagtanggap para sa matagumpay na hari at hukbo.

Ang NET Bible (p. 875) ay pinapayo ang isang pag-aayos sa isa pang makadiwang salitang-ugat, נגיל, mula sa BDB 162 na may PANG-UKOL. Iminumungkahi ng NET Bible na ito ay mas akma sa pagtutulad (paralelismo) at gayundin ang mga tala sa Awit 89:16, kung saan ang PANDIWA ay ginamit na may kaugnayan sa "Iyong pangalan."

▣ **"mga kahilingan"** Ang hindi karaniwang PANGNGALAN (BDB 982) ay matatagpuan lamang nang dalawang beses sa OT, dito sa Awit 37:4. Ang PANDIWANG salitang-ugat (BDB 981) ay nangangahulugang "magtanong." Ang salitang-ugat y makikita sa maraming mga pangalan (cf. 1 Samuel 9:2,3,5; 1 Cronica 1:48,49; 4:24; 6:24).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:6-9**
**6 Talastas ko ngayon na inililigtas ng PANGINOON ang kaniyang pinahiran ng langis;**
**sasagutin niya siya mula sa kaniyang banal na langit**
**ng pangligtas na kalakasan ng kaniyang kanang kamay.**
**7 Ang iba ay tumitiwala sa mga karo, at ang iba ay sa mga kabayo,**
**nguni't babanggitin namin ang pangalan ng PANGINOON naming Diyos.**
**8 Sila'y nangakasubsob at buwal,**
**nguni't kami ay nakatindig at nakatayo na matuwid.**
**9 Magligtas ka, PANGINOON;**

**sagutin nawa kami ng Hari pagka kami ay nagsisitawag.**

**20:6-9** Ang salmista (i.e., ang Hari, isang saserdote, o isang panlahat na PANG-ISAHAN; v. 9 ay pinakaakma sa huling opsyon) ay nagpapatibay ng kanyang pagtitiwala na si YHWH ay tutugon ng nararapat.

1. Talastas ko ngayon – BDB 393, KB 390, *Qal* GANAP
2. si YHWH ay nagliligtas – BDB 446, KB 448, *Hiphil* GANAP

Ang PANDIWA nagpapakilala isang namamalaging pagtitiwala (cf. Awit 56:9; 118:6; taga-Roma 8:31-39). Si YHWH ay makikinig at tutugon nang paayon (cf. 20:6b,c). Ang Hari at ang mga pangkasuduang bayan ay bahagi ng isang mas malaking pangkalahatang plano ng katubusan para sa lahat ng sangkatauhan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Panimula sa Awit 2).

**20:6 "kaniyang pinahiran ng langis"** Ito ay ang Hebreong PANDIWANG "pinahiran ng langis" (BDB 603), na naging kilalang titulo para sa Diyos's Natatanging Coming Hari (cf. Awit 2:2; 18:50). Tingnan ang Natatanging mga Paksa

1. Ang Titulo sa OT ng Natatanging Siyang Darating sa Awit 2:2
2. "Mesias" sa Awit 2:2

▣ **"kaniyang kanang kamay"** Ito ay isang Hebreong wikain ng kapangyarihan, awtoridad na kumilos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay sa Awit 7:3-4.

**20:7** Ang PANDIWANG "tumitiwala" (BDB 269, KB 269, *Hiphil* DI-GANAP) sa literal ay "magdulot na maalala." Ito ay nagpapakilala na kung sino ang pinagkakatiwalaan.

1. pantaong kapangyarihan (i.e., mga karo, mga kabayo, mga sundalo, arms, atbp.)
2. si YHWH at Kanyang mga pangako

Nandito ang ilang mabuting magkaagapay na mga teksto – Deuteronomio 20:1; 31:6,8; Hukom 7:2; 1 Samuel 17:45,47; 2 Cronica 20:17; 32:8; Awit 33:16,17; 44:2-3,4-8; 60:11-12; 146:3-7; 147:10; Kawikaan 21:31; Isaias 31:3; Jeremias 17:5; Zacarias 4:6! Ano ay inyong pinagkakatiwalaan/ ipinagmamayabang?

▣ **"babanggitin namin"** Ang PANDIWA (BDB 209, KB 209, *Hiphil* DI-GANAP) ay nangangahulugang "magdulot na maalala" na may pakahulugan ng pagkagalak o pagpupuri sa ilang nakaraang pangyayari o pagpapala o tao. Ang konsepto ng "pagmamayabang" ay mahalag sa Bibliya; tingnan lalo na Jeremias 9:23-24. Tingnan ang paggamit ng konsepto sa mga sulat ni Pablo sa Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: PAGMAMAPURI O KAYABANGAN**

Ang mga Griyegong salita, *kauchaomai*, *kauchēma,* at *kauchēsis*, ay ginamit ng mga tatlumpu't-limang beses kayPablo at dalawang beses lamang sa natitirang bahagi ng NT (kapwa kay Santiago). Ito ay higit na ginamit sa I at II taga-Corinto**.**

May dalawang pangunahing katotohanan na umuugnay sa pagmamapuri.

A. Walang laman ang maluluwalhati/magmamapuri sa harapan ng Diyos (cf. I taga-Corinto 1:29; taga-Efeso 2:9)
B. Ang mga mananampalataya ay kailangang magluwalhati sa Panginoon (cf. I taga-Corinto 1:31; II taga-Corinto 10:17, na isang pagkabanggit sa Jeremias 9:23- 24)

Samakatuwid, mayroong angkop at di-angkop na pagmamapuri/pagluluwalhati (i.e.,

pagmamataas).

A. Angkop
   1. sa pag-asa ng kaluwalhatian (cf. taga-Roma 4:2)
   2. sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Hesus (cf. taga-Roma 5:11)
   3. sa krus ng Panginoong Hesukristo (i.e., pangunahing paksa ni Pablo, cf. I taga-Corinto 1:17-18; taga-Galacia 6:14)
   4. Si Pablo ay nagmapuri sa
      a. Kanyang gawain na walang kabayaran (cf. I taga-Corinto 9:15,16; II taga-Corinto 10:12)
      b. Kanyang awtoridad na mula kay Kristo (cf. II taga-Corinto 10:8,12)
      c. Kanyang di-pagmapuri sa gawain ng ibang tao (tulad ng ilang sa Corinto, cf. II taga-Corinto 10:15)
      d. Kanyang pinagmulang lahi (tulad ng ibang gumagawa nito sa Corinto, cf. II taga-Corinto 11:17; 12:1,5,6)
      e. Kanyang mga iglesiya
         (1) Corinto (II taga-Corinto 7:4,14; 8:24; 9:2; 11:10)
         (2) Tesalonica (cf. II taga-Thesalonica 1:4)
         (3) Kanyang pagtitiwala sa kaaliwan at pagpapalaya ng Diyos (cf. II taga-Corinto 1:12)

B. Di-angkop
   5. May kaugnayan sa pang-Hudyon lipi (cf. taga-Roma 2:17,23; 3:27; taga-Galacia 6:13)
   6. Ilang mga iglesiya sa Corinto ay nagmamapuri
      a. Sa tao (cf. I taga-Corinto 3:21)
      b. Sa karunungan (cf. I taga-Corinto 4:7)
      c. Sa Kalayaan (cf. I taga-Corinto 5:6)
   7. mga bulaang mangangaral ay nagtatangkang magmapuri sa iglesiya sa Corinto (cf. II taga-Corinto 11:12)

**20:8** Tingnan ang antitetikong pagtutulad (paralelismo). Mayroong mga kahihinatnan ang ating mga salita/ mga pagkilos!

**20:9 "Magligtas ka, PANGINOON"** Ito ay isang pasigaw na panalanging kahilingan (BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS (cf. Awit 3:7; 6:4; 17:13).

▣ **"sagutin nawa kami ng Hari pagka kami ay nagsisitawag"** Ang gramatikong anyo ng PANDIWA na isang *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan. Ang LXX at maraming Ingles na mga salin ay tinitingnan ito na tumutukoy sa mga panalangin ng mga taong para sa Hari (cf. 20:6; Awit 21:7; NRSV; TEV; NJB; REB) o "Hari" maaaring tumutukoy kay YHWH (cf. Targums' *UBS Handbook*, p. 202; tingnan din ang Awit 98:6; 145:1).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng

mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat.  Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala lahat ng mga kahilingan sa panalangin na may pakiusap na "nawa. . ." sa mga talata 1-5.
2. Ano ang ibig-sabihin ng "Pagkalooban ka nawa ng nais ng iyong puso"?
3. Ipinapahiwatig ba ng talata 5 ang isang panghukbong tagumpay?  Bakit?
4. Sino ang "pinahiran ng langis" ni YHWH?

# AWIT 21

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpuri para sa Pagpapalaya | Kaligayahan sa Kaligtasan ng PANGINOON | Pasasalamat pagkatapos ng Tagumpay ng Hari sa Digma-an (magkaagapay sa Awit 20) | Pagpuri para sa Tagumpay | Para sa isang Pagpuputong na Pagdiriwang |
| <u>Panimula sa MT</u> | | | | |
| Para sa Pinunong Mang-aawit. Awit ni David. | | | | |
| 21:1-6 | 21:1-2 | 21:1-7 | 21:1-2 | 21:1-2 |
| | 21:3-4 | | 21:3-4 | 21:3-4 |
| | 21:5-7 | | 21:5-6 | 21:5-7 |
| 21:7-13 | | | 21:7-9b | |
| | 21:8-12 | 21:8-10 | | 21:8-10 |
| | | | 21:9c-12 | |
| | | 21:11-12 | | 21:11-12 |
| | 21:13 | 21:13 | 21:13 | 21:13 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit 20 at 21 ay maaaring magkaugnay. Ang Awit 20 ay liturhikong panalangin para sa tagumpay sa digmaan at ang Awit 21 ay isang liturhikong pagtanggap sa Hari at mga

sundalo sa pagtatagumpay.

B. Pansinin ang maaaring mga istropa. Sa pamamagitan ng paghahambing ng pagbabahagi ng istropa mula sa iba't-ibang mga saling Ingles, ang isang tao ay maaaring matiyak kung ilang pangunahing mga katotohanan ang ipinapahayag sa isang salmo.
1. NASB – 2
2. NKJV – 5
3. NRSV – 4
4. NJB – 6

Maliwanag na ito ay mahirap na maging tiyak kung paano makikilala ang mga istropa. Kadalasang walang palatandaan sa teksto. Ang mga makabagong mag-aaral ay dapat na
1. siyasatin ang pagtutulad (paralelismo)
2. siyasatin ang Hebreong huwaran ng kumpas
3. siyasatin ang magkaugnay na paksang pinag-uusapan (bawat istropa ay mayroong isa pangunahing paksa)

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:1-6**
**1 Ang hari ay magagalak sa iyong kalakasan, Oh PANGINOON,**
**at sa iyong pagliligtas gaano kalaki ang ikagagalak niya!**
**2 Ibinigay mo sa kaniya ang nais ng kaniyang puso,**
**at hindi mo ikinait ang hiling ng kaniyang mga labi. Selah.**
**3 Sapagka't iyong sinalubong siya ng mga kapalaran na kabutihan;**
**iyong pinuputungan ng isang putong na dalisay na ginto ang kaniyang ulo.**
**4 Siya'y humingi ng buhay sa iyo, iyong binigyan siya,**
**pati ng kahabaan ng mga kaarawan magpakailan pa man.**
**5 Ang kaniyang kaluwalhatian ay dakila sa iyong pagliligtas,**
**karangalan at kamahalan ay inilalagay mo sa kaniya.**
**6 Sapagka't ginagawa mo siyang pinakamapalad magpakailan man;**
**iyong pinasasaya siya ng kagalakan sa iyong harapan.**

**21:1** Pansinin ang magkasingkahulugang pagtutulad (paralelismo) sa pagitan ng "sa iyong kalakasan" at "sa iyong kaligtasan."

Ang terminong (BDB 447, PAMBABAENG PANG-ISAHAN) isinalin na kaligtasan ay mayroong maraming maaaring kahulugan.
1. kasaganahan – Job 30:15
2. pagpapalaya/tulong – 2 Samuel 10:11; 1 Cronica 19:12; Awit 22:1
3. kaligtasan – Genesis 49:18; Awit 3:2,8; 14:7; 35:3; 53:6; 62:2; at maraming more
4. tagumpay – Exodo 15:2; Awit 20:6; 21:1,5; 44:4; 68:20-21; 118:14,15,21

Si YHWH ang ating dakilang pag-asa at wala nang iba! Sa liwanag na ito, ang matapat na mga tagasunod (sa kontekstong ito, ang Hari) ay magpapatuloy na
1. maging malugod – BDB 970, KB 1330, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 9:2
2. magalak – BDB 162, KB 189, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 9:14

**21:2** Ang talatang ito ay tila nauugnay sa Awit 20:4 at konektado sa panalangin ng Hari para sa panghukbong tagumpay.

Pansinin ang dalawang magkaagapay na GANAP NA MGA PANDIWA (i.e., natapos na pagkilos).
1. Ibinigay mo – BDB 678, KB 733, *Qal* GANAP
2. hindi mo ikinait – BDB 586, KB 602, negated, *Qal* GANAP

▣
**NASB,**
**NKJV,**
**NRSV "kahilingan"**
**NJB "panalangin"**
**LXX "nais"**
**NEB "hingin"**

Ang salitang (BDB 77, KB 92) ay matatagpuan lamang dito sa OT. Ito ay tila, sa konteksto, ay tumutukoy sa isang ritwal na liturhikong panalangin bago ang isang digmaan, na maaaring sa tabernakulo/ templo.

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII. Ang ilan mga komentarista sinasabing ito ay nagpapakilala isang punto sa liturhiya kung saan mayroong isang pagbabago sa iba pang liturhikong pagkilos (i.e., pagpuri, pag-awit, pag-aalay, ibang liturhiyang pagbasa, pagyuko, atbp.).

**21:3-6** Ang mga ito ay mga pagkilos ni YHWH sa kapakanan ng Hari.

1. sinalubong siya ng mga kapalaran na kabutihan (i.e., Si YHWH mismo sumalubong sa matagumpay na hari)
2. pinuputungan ng isang putong na dalisay na ginto ang kaniyang ulo (i.e., isang muling pagpapatibay ng pagkahari o ang liturhikong pagpapalit ng helmet pang-digmaan sa maharlikang putong)
3. ibigay mo sa kanaya ang kanyang panalangin para sa buhay (i.e., tagumpay sa digmaan)
4. inilagay mo sa kaniya
   a. karangalan (BDB 217)
   b. pagkamaharlika (BDB 214) – ito ay mga paglalarawan kay YHWH (cf. 1 Cronica 16:27; Awit 45:3; 96:6; 104:1; 111:3), ngunit dahil sa larawan ni YHWH ang sangkatauhan, sila ay kabahagi sa mga katangiang ito (cf. Awit 8:5)
5. ginagawa mo siyang pinakamapalad magpakailan man (*'olam* ay dapat na maipaliwanag sa konteksto, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5; isang pampanitikang magkaagapay ay "mabuhay nang mahaba ang hari," cf. 1 Samuel 10:24; 1 Hari 1:25,31,34,39; Daniel 2:4; 3:9)
6. iyong pinasasaya siya ng kagalakan sa iyong harapan

Ito ay hindi just ang Hari who ay ang recipient ni YHWH's mga pagkilos, ngunit sa pamamagitan ng him lahat ng ang mga pangkasuduang bayan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:7-13**

**7Sapagka't ang hari ay tumitiwala sa PANGINOON,**
**at sa kagandahang-loob ng Kataastaasan ay hindi siya mayayanig.**
**8Masusumpungan ng iyong kamay ang lahat ng iyong mga kaaway;**
**masusumpungan ng iyong kanan yaong mga nangagtatanim sa iyo.**
**9Iyong gagawin sila na gaya ng mainit na hurno sa panahon ng iyong galit;**
**Sasakmalin sila ng PANGINOON sa kaniyang poot,**
**at susupukin sila ng apoy.**
**10Ang kanilang bunga ay iyong lilipulin mula sa lupa,**
**at ang kanilang binhi ay mula sa gitna ng mga anak ng mga tao.**
**11Sapagka't sila'y nagakala ng kasamaan laban sa iyo**
**sila'y nagpanukala ng lalang na hindi nila maisasagawa.**
**12Sapagka't iyong patatalikurin sila;**
**ikaw ay maghahanda ng iyong mga bagting ng busog laban sa mukha nila.**

[13]**Mataas ka, Oh PANGINOON, sa iyong kalakasan;**
**sa gayo'y aming aawitin at pupurihin ang iyong kapangyarihan.**

**21:7 "ang hari ay tumitiwala sa PANGINOON"** Ito ay isang pagpapatibay ng pag-aangkop ng pananampalataya ng hari (BDB 105, KB 120, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI, cf. Awit 4:5; 9:10; 13:5; 22:4,5,9; at maraming more). Ang hari ay mayroong kalakasan, kaligayahan, at pagpapalaya lamang sa pamamagitan ni YHWH.

▣ **"sa kagandahang-loob ng Kataastaasan"** Ang natatanging pangkasunduang termino, "kagandahang-loob" (*hesed*, BDB 338, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7) ay nangangahulugang katapatan sa kasunduan ni YHWH. Si YHWH ay palaging matapat, ang Hari at ang bansa ay gayundin, kung kung sila ay magpapatuloy sa "pagtitiwala" (BDB 105, KB 120) sa Kaniya (cf. Awit 125:1). Ang Nehemiah 9 ay isang tala ng katapatan ni YHWH's faithfulness at kawalang katapatan ng Israel!

Para sa "Kataas-taasan" (*Elyon*, BDB 751) tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1, B.

▣
**NASB,**
**LXX,**

| | |
|---|---|
| **JPSOA** | **"hindi siya mayayanig"** |
| **NKJV, NRSV** | **"hindi siya makikilos"** |
| **TEV** | **"palagi siyang may katatagan"** |
| **NJB** | **"iingatan siya mula sa pagkakahulog"** |

Ang PANDIWA (BDB 556, KB 555, *Niphal* DI-GANAP) ay nangangahulugang "manginig," "yumanig," o "dumulas." Ito ay maaaring ginamit sa maraming kaunawaan.
1. lugar sa trono
2. kaligtasan sa buhay
3. maka-Diyos na pamumuhay

Para makita ang iba't-ibang mga kaunawaan, tingnan ang Awit 10:6; 15:5; 16:8; 21:7; 30:6; 62:2,6; 112:6; Kawikaan 10:30; 12:3. Mayroong katatagan kay YHWH ngunit hindi sa isang nalugmok na mundo.

**21:8-12** Ang mga talatang ito ay naglalarawan sa kung ano ang gagawin ni YHWH (i.e., sa pamamagitan ng hukbo ng hary) kung ang hari at mga taong ay nanatiling matapat.
1. kapangyarihan laban sa iyong mga kaaway
2. ang iyong mga kaaway ay malulupig
3. ang iyong mga kaaway at kanilang mga salinlahi ay malilipol at mawawala
4. ang iyong mga kaaway ay hindi magtatagumpay sa kanilang mga plano (i.e., magbalak laban sa hari ni YHWH at mga pangkasuduang bayan ay magbalak laban sa Kaniya, cf. v. 11a; Awit 2:1-3; 83:1-5)
5. ang iyong mga kaaway ay aatras sa digmaan

Ang ilan mga iskolar (AB) ay nakikita ang mga talatang ito bilang paglalarawan sa mga pagkilos ni YHWH sa digmaan sa kapakanan ng Kanyang pangkasunduang hari at mga tao.

▣ **"kamay"** Ito ay isang Hebreong wikain sa kapangyarihan kumilos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay sa Awit 7:3-4.

**21:9 "Sasakmalin sila ng PANGINOON"** Ang PANDIWANG ito (BDB 118, KB 134, *Piel* DI-GANAP) ay isang wikain para sa lubusang pagkawasak (cf. Job 2:3; 10:8; 19:3; 28:7; Panaghoy 2:2,5,8).

**21:13** Ang talatang ito ay winawakasan ang Awit na may mga kautusan ng pagpuri kay YHWH.

1. Mataas ka – BDB 926, KB 1202, *Qal* PAUTOS, cf. II Samuel 22:47; Awit 18:46; 46:10; 57:5,11; 108:5
2. aming aawitin– BDB 1010, KB 1479, *Qal* PANG-PANGKAT
3. aming pupurihin – BDB 274, KB 273, *Piel* PANG-PANGKAT

▣ **"iyong kalakasan"** Ang mantrang ito ay sinimulan ang Awit (cf. v. 1) at winakasan (cf. v. 13) ang Awit. Ang Diyos ay ang punong katangian ng Bibliya. Ito ang Kanyang aklat; ito ay tungkol sa Kanya!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang Awit 20 at 21?
2. Ipinapahiwatig ba ng talata 4 ang walang hanggang buhay?
3. Itala ang panghukbong paglalarawan sa mga talata 7-13.

# AWIT 22

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Pagtangis ng Dalam-hati at Isang Awit ng Pagpuri | Ang Paghihirap, Pagpuri, at Pagpapatuloy ng Mesias | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa Karamdaman (Isang Panaghoy) | Isang Pagtangis ng Dalamhati at Isang Awit ng Pagpuri | Ang Paghihirap at Pag-asa ng Matutuwid |
| <u>Panimula sa MT</u> | | | | |
| Para sa Pinunong Mang-aawit; sa aijeleth hashshahar. Isang Awit ni David. | | | | |
| 22:1-5 | 22:1-2 | 22:1-2 | 22:1-5 | 22:1-2 |
| | 22:3-5 | 22:3-5 | | 22:3-5 |
| 22:6-8 | 22:6-8 | 22:6-8 | 22:6-8 | 22:6-8 |
| 22:9-10 | 22:9-11 | 22:9-11 | 22:9-11 | 22:9-11 |
| 22:11-18 | | | | |
| | 22:12-13 | 22:12-13 | 22:12-13 | 22:12-13 |
| | 22:14-15 | 22:14-15 | 22:14-15 | 22:14-15 |
| | 22:16-18 | 22:16-18 | 22:16-18 | 22:16-18 |
| 22:19-21 | 22:19-21b | 22:19-21a | 22:19-21 | 22:19-21 |
| | 22:21c | 22:21b-24 | | |
| 22:22-24 | 22:22-24 | | 22:22-24 | 22:22-23 |
| | | | | 22:24 |
| 22:25-31 | 22:25-26 | 22:25-26 | 22:25-26 | 22:25-26 |
| | 22:27-28 | 22:27-28 | 22:27-28 | 22:27-31 |
| | 22:29 | 22:29-31 | 22:29-31 | |
| | 22:30-31 | | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang hemenyutikong pamamaraan ay nagtatakda na ang mga makabagong tagapagpaliwanag ay tatanganan nang mataimtim ang layunin ng orihinal na may-akda bilang panimulang punto sa pagtatatag ng isang wastong pagkaunawa sa kahulugan ng anumang talata. Pinapatunayan nito ang kahirapan sa salmong ito.
   1. kawalang-katiyakan ng inspirasyon ng mga panimula sa MT (i.e., hindi makikita sa Dead Sea Scrolls)
   2. ang mga detalye ay hindi umaakma sa buhay ni Haring David o sino pa mang tao sa OT
   3. kapansin-pansing pagkakatulad sa mga karanasan ni Hesus sa krus (cf. Mateo 27:46; Marcos 15:34)

B. Samakatuwid, paano uurin ng makabagong tagapagpaliwanag ang salmong ito?
   1. tipolohiya (i.e., isang pangyayari sa OT na kaagapay ng isang pangyayari sa buhay ni Hesus)
   2. mahuhulaang propesiya
   3. propesiyang maraming katuparaan
   4. pangkasaysayang tala (sa panulaan) ng karanasan ng isang tao sa OT

C. Mayroong maraming natatanging mga sangkap na hindi maipagkakasundo sa pangkasaysayang kalalagayan ng salmista sa OT.
   1. pagpapapako sa krus (i.e., "binutasan," tingnan ang tala)
   2. mga damit na pinagpustahan sa pamamagitan ng sapalaran
   3. hindi karaniwang pagpapahayag ng pagsama ng mga bansa, v. 27
   4. maaari pagpapahiwatig to
      a. walang hanggang buhay, v. 26c
      b. epekto sa mga lumisan, v. 29
      c. linikha ng isang "binhi" ng matapat na mga tagasunod para sa salinlahing darating
   5. pansinin na walang panawagan para sa paghihiganti o pag-atake sa mga kaaway

D. Aking titingnan ang salmo, gaya ng iba, mula sa isang pangkasaysayan, gramatikong, leksikong pag-aangkop, ngunit may mata patungo sa kamatayan ni Kristo. Ako ay magliligkod nang walang kulang!

E. Ang salmong ito ay sinipi o ipinahiwatig sa NT sa kaugnayan sa pagpapapako sa krus ni Hesus. Ang NT ay ang wastong lente upang makita ang OT, hindi kabaligtaran! Ang NT (i.e., Hesus) ay ang hantungang kapahayagan (cf. Mateo 5:17-48).
   1. v. 1 – Mateo 27:46; Marcos 15:34
   2. v. 7 – Mateo 27:39; Marcos 15:29
   3. v. 8 – Mateo 27:43
   4. v. 16 – Mateo 27:35; Juan 20:25
   5. v. 18 – Mateo 27:35; Marcos 15:24; Lucas 23:34; Juan 19:24
   6. v. 22 – Hebreo 2:12

7. maaaring v. 15 – sa Juan 19:28

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:1-5**

**[1]Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?**
**Bakit ka napaka layo sa pagtulong sa akin, at sa mga salita ng aking pagangal.**
**[2]Oh Diyos ko, ako'y humihiyaw sa araw, nguni't hindi ka sumasagot;**
**at sa gabi, at hindi ako tahimik.**
**[3]Ngunit ikaw ay banal,**
**Oh ikaw na tumatahan sa mga pagpuri ng Israel.**
**[4]Ang aming mga magulang ay nagsitiwala sa iyo;**
**sila'y nagsitiwala, at iyong iniligtas sila.**
**[5]Sila'y nagsidaing sa iyo at nangaligtas;**
**sila'y nagsitiwala sa iyo, at hindi nangapahiya.**

**22:1** Mayroong inulit PANGPAGKILALANG uri mga pahayag.

1. Diyos ko, Diyos ko, v. 1 (ang pagdodoble ay para sa katindihan)
2. Oh Diyos ko, v. 2 (*Eloh*, BDB 43)
3. Oh PANGINOON, 22:19a (YHWH, BDB 217)
4. Oh ikaw na aking saklolo, 22:19b

Ang salmista ay tumatawag sa Diyos na may tuwirang pagpapahayag kasama ang katindihan at pag-ibig. Kilala nila ang isa't-isa!

Isang tala lamang tungkol sa pagsipi ni Hesus ng unang bahagi ng ito salmo mula sa ang krus, sa pamamagitan ng nito, Kaniyang pinapakahulugan (o isang kinasihang manunulat ng ebanghelyo) para sa panghinaharap na mambabasa na basahin ang buong salmo. Ang pagsipi ng unang linya ay isang paraan upang maipakilala ang isang konteksto sa isang balumbon ng Banal na Kasulatan.

▣
**NASB,**
**NKJV,**
**NRSV, NJB "pinabayaan"**
**TEV, JPSOA "iniwanan"**

Ang PANDIWANG ito (BDB 736 I, KB 806, *Qal* GANAP NA) ay nangangahulugang iwanan o tangihan sa pamamagitan ng pagpapabaya. Ang GANAP ay nagpapakilala ang kaisipan ng isang nananatiling pagtanggi. Sa maraming mga lugar, ang OT ay gumagamit ng termino ng pagtanggi ni YHWH sa Kanyang pangkasuduang bayan at mga pangako (cf. Awit 119:8; Isaias 54:7; Jeremias 7:12; Ezekiel 8:12), ngunit salamat sa Diyos para sa Genesis 28:15 at ang pangalawang linya ng Isaias 54:7.

Pansinin ang napaka-personal na aspeto ng pagtanggi o pagpapabaya (i.e., "ako," cf. Mateo 27:46). Ang salmista ay nakaramdam ng pag-iisa at pagtanggi ni YHWH. Hindi niya nauunawaan kung bakit. Hindi ito dahil sa anumang nakikilalang kasalanan (i.e., nakaligtaan o pagkagawa).

▣ Ang pangalawang linya ay walang MAKADIWA. NKJV, NRSV, REB, JPSOA ang lahat ay nagdaragdag ng "Bakit mo ako. . .," na ginagawa itong isang tanong. Ang salmista ay "dumadaing" (BDB 980, cf. Job 3:24; Awit 32:3). Ang Hebreong salitang ay maaaring tumutukoy sa ungal ng isang leon (cf. Job 4:10), ngunit dito, sa isang daing ng tao na may sikolohiko at pisikal na sakit at pagkaligalig, na pinakaakma sa konteksto. Ang salmista ay hindi nauunawaan kung bakit ang pangkasunduang Diyos ay itinanggi ang isang matapat na pangkasunduang tao (cf. 22:2).

Ang kasindak-sindak na kaunawaan ng pagpapalayo, pagiging-isa, at espirituwal na pagpapahayag na pananampalataya ay ang bunga ng Pagkalugmok (cf. Genesis 3). Ang sangkatauhan, na linikha sa

larawan at wangis ni YHWH (cf. Genesis 1:26-27; 3:8), ay napinsala. Ang pagkakahiwalay ay kasindak-sindak. Sa pagkakataong ito, ang kaunawaan ng pagtahimik ni YHWH ay napatingkad dahil kilala Siya ng salmista. Ang salmista ay hindi maunawaan ang katahimikang mula sa Diyos at ang mapanirang pag-atake ng iba! Ngunit mayroong isang layunin (i.e., ang ebanghelyo, cf. Marcos 10:45; 2 taga-Corinto 5:21)!

**22:2** Ang masugid panalangin na panalangin ay hindi dininig ng Diyos o tila hindi Siya tumugod (cf. Awit 42:3; 88:1-2).

Ang pangalawang linya ng v. 2 ay mahirap na isalin. Sa literal ay "walang katahimikan para sa akin." Ito ay maaaring mangahulugang

1. siya ay nanalangin ng buong gabi (NKJV, REB)
2. ang Diyos ay nanatiling tahimik
3. hindi siya makahanap ng kapahingahan (LXX, TEV, JPSOA)

Kung ito ay nagpapakilala ng panghinaharap na karanasan ni Hesus, ngayon, ang huling gabi sa Hardin ng Gethsemane bago sa Kanyang pagkadakip ang pinakaakma (cf. Mateo 26:36-46; Marcos 14:32-42).

**22:3-5** Ang salmista ay inilalarawan ang Diyos bilang

1. banal (cf. Awit 99:9)
2. tumatahan sa mga pagpuri ng Israel (i.e., si YHWH ay nananahan sa pagitan ng mga pakpak ng *Cherubim* sa ibabaw ng arko ng kasunduan sa Banal na Dako)
3. pinagkakatiwalaan ng mga Patriyarka
   a. sila ay nanalangin, Siya ay nagligtas
   b. sila'y nagsitiwala sa iyo, at hindi nangapahiya (i.e., mayroong pangkasaysayan pagpapauna sa pagtitiwala kay YHWH)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:6-8**

**6Nguni't ako'y uod at hindi tao,**
**duwahagi sa mga tao, at hinamak ng bayan.**
**7Silang lahat na nangakakita sa akin ay tinatawanang mainam ako;**
**inilalawit nila ang labi, iginagalaw nila ang ulo, *na sinasabi*,**
**8"Magpakatiwala ka sa Panginoon; iligtas niya siya;**
**iligtas niya siya yamang kinaluluguran niya siya."**

**22:6-8** Kahit na sa 22:3-5 at matapat na mga pagkilos ng Diyos sa nakalipas sa kanilang nagtitiwala sa Kaniya, ang salmista ay hindi naramdamang natulungan.

1. nadama niya ang tulad ng isang uod, v. 6 (cf. Job 25:6; Isaias 41:14)
2. siya ay sinisisi at hinahamak ng mga tao, v. 6b
3. siya ay kinutya nila, v. 7 (tingnan ang Mateo 27:39; Marcos 15:29)
4. kanilang nilibak ang kanyang pananampalataya at mga panalangin, v. 8
   a. magpakatiwala (lit. "gumulong," cf. Awit 37:5; Kawikaan 16:3) – BDB 164, KB 193, *Qal* PAUTOS (cf. Mateo 27:43)
   b. iligtas niya siya – BDB 812, KB 930, *Piel* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan (cf. Mateo 27:43)
   c. iligtas niya siya – BDB 664, KB 717, *Hiphil* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:9-10**

**9Nguni't ikaw ang naglabas sa akin sa bahay-bata;**

**Pinatiwala mo ako nang ako'y nasa mga suso ng aking ina.**
**10Ako'y nahagis sa iyo mula sa bahay-bata;**
**ikaw ay aking Diyos mulang dalhin ako sa tiyan ng aking ina.**

**22:9-10** Ang paglalarawan ng mga talatang ito ay ang itinakdang layunin ng matuwid nagdurusang lingkod.

1. minsan, isang indibidwal (ginamit ng Mesias sa Isaias 42:1 at ng Kanyang kamatayan sa Isaias 52:13-53:12)
2. minsan ang sama-samang mga taong ni YHWH (cf. Isaias 41:8-9; 42:18-19; 46:3; 49:1)

Ito ay pangkasunduang wika sa OT. Ipinapahayag nito ang pangkatubusang mga layunin ng Diyos para sa Israel (tingnan ang Natatanging Paksa sa Panimula ng Awit 2). Ang salmista ay naniniwala na siya ay may layunin sa plano ng Diyos at hindi maunawaang ang tila pagpapabaya ng Diyos (cf. 2 taga-Corinto 5:21).

**22:10** Ang talatang ito ay ipinapakilala ang konsepto ng pangkasunduang pagtanggap sa pamamagitan ng kapanganakan (i.e., pagtutuli). Ang mga Israelita ay ipinanganak sa pangkasuduang bayan, gayunman, ang tunay na kasunduang pananampalataya at pagsunod ay ang nagpapatibay na katunayan ng katotohanan ng kanilang pananampalataya. Kaya maraming mga Israelita ay hindi tunay na pangkasuduang bayan (i.e., ang pagsuway sa mga tadhana ng kasunduan, pagsamba sa diyus-diyosan)!

**22:9**
**NASB, REB "ang naglabas sa akin"**
**NKJV "nailabas ako"**
**NRSV "kinuha ako"**
**NJB, JPSOA "inilapit ako"**
**LXX "inihagis mula sa"**

Ang PANDIWARING ito (BDB 161, KB 189) ay makikita lamang dito sa ang OT. Ang konteksto ay nagbibigay sa ating ng isang pangkalahatang kaunawaan ngunit ang eksaktong kahulugan ay nananatiling di-tiyak. Gayunman, ang pangkalahatang kahulugan ng talata ay maliwanag.

Si YHWH ay kasangkot sa buhay ng isang tao kahit na bago pa ipinanganak (cf. Job 31:11; Awit 139:13; Ecclesiastes 11:5; Jeremias 1:5). Ang buhay ay nagsisimula kasama ng Diyos! Ang mga tao ay nilikha sa pamamagitan Niya at para sa Kaniya.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:11-18**
**11Huwag mo akong layuan; sapagka't kabagabagan ay malapit;**
**sapagka't walang tumulong.**
**12Niligid ako ng maraming toro;**
**mga malakas na *toro* ng Basan ay kumulong sa akin.**
**13Sila'y magbubuka sa akin ng kanilang bibig,**
**na gaya ng sumasakmal at umuungal na leon.**
**14Ako'y nabuhos na parang tubig,**
**at lahat ng aking mga buto ay nangapapalinsad;**
**ang aking puso ay parang pagkit;**
**natutunaw ito sa loob ko.**
**15Ang aking kalakasan ay natuyo na parang bibinga,**
**at ang aking dila ay dumidikit sa aking ngalangala;**
**at dinala mo ako sa alabok ng kamatayan.**
**16Sapagka't niligid ako ng mga aso;**
**kinulong ako ng pulutong ng mga manggagawa ng masama;**
**binutasan nila ang aking mga kamay at ang aking mga paa.**

> [17]**Aking maisasaysay ang lahat ng aking mga buto.**
> **kanilang minamasdan, at pinapansin ako;**
> [18]**Hinapak nila ang aking mga kasuutan sa gitna nila,**
> **at kanilang pinagsapalaran ang aking kasuutan.**

**22:11-18** Ito ay naglalarawan sa patulang larawan ang pagdurusa ng salmista. Marami sa mga patulang detalye at pagtutulad (paralelismo) ay tila naging napaka-literal sa pagtanggi at pagpapapako sa krus ni Hesus.

**22:11 "Huwag mo akong layuan"** Ang PANDIWANG ito (BDB 934, KB 1221, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan, cf. 22:19; Awit 71:12) ay ginamit sa isang interpersonal na kaunawaan, hindi isang may akwat na kaunawaan. Ang salmista ay nag-iisa ("walang sinuman ang tumutulong," cf. Isaias 63:5) upang kaharapin ang kanyang mga kaaway (i.e., mga taro, mga leon, mga aso, mabangis na baka). Pansinin ang pag-iiba—kapag ang kaguluhan ay palapit, ang salmista ay nagnanais kay YHWH na lumapit din!

**22:12-13,16-18** Ang kanyang mga kaaway ay inilarawan.
1. Niligid ako ng maraming toro, v. 12
2. mga leon ay linusob ako, v. 13 (i.e., magbubuka sa akin ng kanilang bibig, na isang wikain para sa isang mapanirang pag-atake)
3. niligid ako ng mga aso, v. 16
4. sila ay nandilat sa kaniya
5. binutasan nila ang aking mga kamay at ang aking mga paa (cf. Juan 20:25; tingnan ang tala sa ibaba)
6. Aking maisasaysay ang lahat ng aking mga buto (i.e., [1] sa OT, ito maaaring tumutukoy sa nagdurusang tao na buto't balat, [2] siya ay patay na, na sinakmal na mga hayop at tanging ang kanyang mga buo ang naiwan o [3] sa ang NT ito ay maaaring tumutukoy sa detalye na ang mga paa ng dalawang magnanakaw ay nabali upang mabunga nang dagliang kamatayan sa kanilang mga krus, ngunit Hesus, sa mga oras na ito, ay maaaring patay na)
7. Hinapak nila ang aking mga kasuutan na kanilang pinagsapalaran (cf. Mateo 27:35; Lucas 23:34; Juan 19:24)

**22:14-15** Ito ay lubhang matalinghagang wika. Mahirap alamin ang eksaktong pagpapahiwatig ngunit ang natitipong epekto ay isang lubusang paghihina ng loob ng tao sa liwanag ng
1. tila pagkawala ni YHWH kahit na sa pag-iyak/pagdaing ng salmista, araw at gabi
2. presensya ng mga mararahas na kaaway sa bawat panig
3. posibilidad na ang paglalarawan ay pagpapahiwatig sa mga simtomas ng karamdaman (cf. Isaias 52:14) o kahit na ang maaagang proseso ng pagkabulok ng katawan bago ang kamatayan (i.e., lit. "ang mga buto ay nakakalat," BDB 825, KB 962)

Isang kapansin-pansin, napakasakit, nakakagulat na damdamin mula sa isang matapat na pangkasunduang tagasunod!

**22:15**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, RSV, LXX** | **"kalakasan"** |
| **NRSV, NJB, REB** | **"bibig"** |
| **TEV** | **"lalamunan"** |
| **JPSOA** | **"kalusugan"** |

Ang UBS Text Project ay nagbibigay sa "aking kalakasan" (כחי) ng MT ng isang "A" na antas (mataas posibilidad). Ang NRSV, NJB, REB, at TEV ay binalikdad ang mga katinig upang mabuo ang "aking ngalangala" (חכי, KB 313, cf. Job 12:11; 20:13; Awit 119:103; 137:6; Panaghoy 4:4; Ezekiel 3:26).

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV** | **"ngalangala"** |
| **REB** | **"gilagid"** |
| **TEV** | **"ang itaas ng aking mouth"** |
| **NJB** | **"ngalangala"** |
| **JPSOA** | **"panlasa"** |
| **LXX** | **"lalamunan"** |

Ang Hebreong salitang ito (BDB 544 II, KB 594) ay makikita lamang dito sa OT. Samakatuwid konteksto, pagtutulad (paralelismo), at magkaugnay na mga salitang-ugat ay dapat na magtakda sa mga nagpapaliwanag ng isang maaaring kahulugan. Ngunit pakatandaan na dahil hindi natin alam ang eksaktong kahulugan ng salitang ito, gayunman, ang pangkalahatang kaunawaan ng talata ay maliwanag.

**22:15 "dinala mo ako sa alabok ng kamatayan"** Ang "ako" dito ay dapat na tumutukoy kay YHWH. Si YHWH (i.e., ang tanging pinanggalingan ng sandaigdigan) ay nagpahintulot sa salmista na tumuntong sa kamatayan (i.e., DI-GANAP NA PANDIWA, cf. Awit 104:29).

Ito ay umaakma sa kaunawaan ng NT sa panghaliling kamatayan ni Hesus alang-alang sa iba para sa ating kapakanan bilang itinakdang kalooban ni YHWH (cf. Lucas 22:28; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 1 Pedro 1:20).

Si Hesus ay nagkatawang-tao para sa maraming layunin.

1. lubusang ipahayag ang Ama
2. lubuang ihayag ang Kanyang plano ng katubusan (i.e., ang ebanghelyo)
3. mamatay sa ating kapakanan, para sa ating kasalanan
4. ipakita sa atin kung anong mga tao ang nilikhang maging

Ito ay napakahalagang sa pagpapaliwanag ng mga may kalabuang mga teksto sa OT na tingnan ang ang buo at lubos na kapahayagan ng NT. Ang NT ay ang ganap na kapahayagan ng OT (cf. Mateo 5:17-48). Ang kuwento ay lubusan lamang na nauunawaan kay Hesus, ang Mesias!

**22:16**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, RSV** | **"binutasan nila"** |
| **NRSV** | **"tinuyo" (salitang-ugat na Akkadian)** |
| **TEV** | **"pinunit"** |
| **LXX** | **"inukit" o "hinukay"** |
| **NJB, NEB** | **"tinadtad"** |
| **JPSOA (cf. Isaias 38:13)** | **"tulad ng mga leon (sila ay gumulpi, cf. v. 13)"** |
| **REB (talababa)** | **"ginapos"** |
| **NET Bible** | **"tulad ng isang leon, sila ay inipit"** |

Ang talatang ito ay hindi sinipi nang tuwiran sa Mga Ebanghelyo sa NT kaugnay sa pagpapapako sa krus ni Hesus. Gayundin sa maraming ibang mga talata sa Awit. Ang totoong tanong ay "Ang ang sinasabi nito sa Hebreo?"

1. Ang UBS Text Project ay nagbibigay sa "tulad ng leon" (כארי, BDB 71) ng isang "B" na antas.
2. Ang PANDIWANG "maghukay," "magbutas," o "tumagos" ay nagmula sa כור, BDB 468 II

(matatagpuan lamang dito).
3. "ginapos" o "tinali" ay nagmula sa Griyegong salin nina Aquila, Symmacho, ang Lating salin ni Jerome, at dalawang Hebreong MSS (cf. *UBS Handbook*, p. 221). Ipinagpapalagay nila ang salitang-ugat ay רכן, BDB 501, KB 497, ngunit walang mga halimbawa nito sa OT.
4. Tingnan ang mabuting teknikal na tala ni Gleason Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties*, p. 37.

Kadalasan, ang kaisipang ito na binubutas ay tumutukoy sa isang marahas na kamatayan sa pamamagitan ng tabak o sibat sa digmaan (maraming iba't-ibang mga salitang-ugat ngunit dalawa ang mga kahalagahan sa propesiya).
1. Zacarias 12:10 – BDB 201, KB 230 (cf. Juan 19:37; Pahayag 1:7)
2. Isaias 53:5 – BDB 319, KB 320

Ang kalabuan (i.e., pagkabambihira, tanging dito sa OT) ng salitang ito ay nagpapahintulot dito na gumanap sa sa isang kaunawaan sa OT at isang kaunawaan sa Nt. Ang Awit na ito ay dapat na mayroong maaaring kahulugan sa kanyang panahon ngunit may maliwanag na mga punto na lagpas sa panghaliling pagtubos ni Kristo alang-alang sa iba (i.e., mga pakong tumagos sa Kanyang mga kamay at paa). Ang buong kahulugan ng maraming mga teksto sa OT ay nanggagaling lamang sa kay Kristo (i.e., tipolohiya o tuwirang propesiya). Sa aking palagay, si Hesus mismo ang nagpakita ng mga teksto ng Kanyang pagdurusa at muling-pagkabuhay sa dalawa na nasa daan sa Emmaus (cf. Lucas 24:13-43) at sila ang nagsabi sa mga nasa mas mataas na silid. Saka lamang Siya nagpakita sa kanila at ipinakita sa kanila ang Kanyang mga kamat at paa (cf. Lucas 24:36-43).

**22:14-15,17** Ang mga talatang ito ay naglalarawan kung ano ang nararamdaman ng magdurusa/ inaatakeng may-akda.
1. Ako'y nabuhos na parang tubig
2. lahat ng aking mga buto ay nangapapalinsad (i.e., ito ay isa sa bunga ng pagpapapako sa krus)
3. ang aking puso ay parang pagkit
4. aking kalakasan (o "ngalangala") ay natuyo (ito maaaring ay nauugnay kay Hesus sa kanyang pag-inom ng kaunting alak bago ang Kanyang huling mga salita, cf. Mateo 27:48; Marcos 15:36; Juan 19:29)

Ito ay hindi tiyak paano o kung ang v. 17a ay nauugnay sa v. 14b. Tayo ay nakikitungo sa Hebreong patulang pagtutulad (paralelismo)! Tandaan na ito ay hindi tuluyan. Ito ay matalinghagang wika. Mag-ingat sa pagtutulak ng mga detalye para sa teolohikong mga layunin, maliban na ito ay ginawa sa pamamagitan ng isang kinasihang may-akda ng NT!

**22:16 "ng pulutong ng mga manggagawa ng masama"** Ang salitang "pulutong" (BDB 417) ay nangangahulugang katipunan o kapisanan. Ang iba't-ibang salita (BDB 874) ay ginamit sa katulad na konsepto sa vv. 22 at 25. Ano pag-iiba sa pagitan ng dalawang kapisanang.
1. kinulong ako ng pulutong ng mga manggagawa ng masama
2. pagtitipon ng mga maka-Diyos na tao na may patotoo at pagsambang layunin (cf. Awit 1:5)

Saan pangkat mo gustong maging bahagi?

**22:18** Sa OT, ito ay maaaring tumutukoy sa mga natira ng digmaan na pinaghahatian ng mga nagwagi! Pansinin na walang kaagapay na talata sa OT. Sa NT, ito ay tumutukoy sa katunayan na ang mga Romanong sundalo na nagsagawa ng pagpapapako sa krus ay hinayaang hatiin ang mga ari-arian ng taong naparusahan sa kanilang sarili bilang kabayaran sa dagdag na tungkulin.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:19-21**
**19 Nguni't huwag kang lumayo, Oh PANGINOON;**

**Oh ikaw na aking saklolo, magmadali kang tulungan mo ako.**
**[20]Iligtas mo ang aking kaluluwa sa tabak,**
**ang aking minamahal sa kapangyarihan ng aso.**
**[21]Iligtas mo ako sa bibig ng leon;**
**Oo, mula sa mga sungay ng torong gubat ay sinagot mo ako.**

**22:19-21** Ang talata 19 ay nauugnay sa talata 11. Ang PANGKAUTUSAN (tingnan ang tala sa ibaba) ay sinusundan ng tatlong MGA PAUTOS NG PAKIUSAP.

1. magmadali kang tulungan mo ako – BDB 301, KB 300, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 38:22; 40:13; 70:1,5; 71:12; 141:1
2. Iligtas mo ang aking kaluluwa – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS
3. Iligtas mo ako – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS

Ang istropang ito ay malapit sa "tinugon Mo ako" na may isang *Qal* GANAP NA PANDIWA (BDB 772, KB 851) na nagpapahiwatig na ang salmista ay dumating sa paninindigan na si YHWH sumasagot/ sasagot sa kaniya (cf. Awit 34:4; 118:5; 120:1).

Pansinin muli kung papaanong inilarawan ng salmista ang kanyang mga kaaway.

1. ang tabak (i.e., "binutasan" ng maaaring pagkagat ng mga aso, cf. v. 16)
2. kalmot ng aso (cf. v. 16)
3. ang bibig ng leon (cf. v. 13; 35:17)
4. ang mga sungay ng mabangis na baka (sagisag ng kapangyarihan, cf. Job 39:9-10)

**22:19 "huwag kang lumayo"** Tingnan ang tala sa 22:11.

**22:20 "sa tabak"** Ito ay mahirap malaman kung ano ang tiyak na mga suliranin/mga pagkabalisa/mga kaaway na kinakaharap ng salmista.

1. pagkakasakit
2. paghihimagsik
3. pagsalakay

Dahil sa maraming kaugnayan sa buhay ni Hesus, sa aking palagay, ang "tabak" ay matalinghagang wika (cf. Awit 37:12-15).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:22-24**
**[22]Aking ipahahayag ang iyong pangalan sa aking mga kapatid;**
**sa gitna ng kapulungan ay pupurihin kita.**
**[23]Kayong nangatatakot sa PANGINOON ay magsipuri sa kaniya;**
**kayong lahat na binhi ni Jacob ay lumuwalhati sa kaniya,**
**at magsitayong may takot sa kaniya, kayong lahat na binhi ni Israel.**
**[24]Sapagka't hindi niya hinamak o pinagtaniman man ang kadalamhatian ng nagdadalamhati;**
**ni ikinubli man niya ang kaniyang mukha sa kaniya;**
**kundi nang siya'y dumaing sa kaniya, ay kaniyang dininig.**

**22:22-24** Sa isang kaunawaan, ang istropang ito ay isinasanib sa vv. 25-31. Kapwa ay nagpapahayag ng patotoo at pagpuri kay YHWH sa isang pagsambang kalagayan (i.e., ang kapisanan, v. 22; ang dakilang kapisanan, v. 25). Ang pagkakaiba ay ang saklaw ng pagtulong.

1. vv. 22-24 – ang nagdadalamhati
2. vv. 25-31 – ang mundo

**22:22** Mayroong dalawang PANG-PANGKAT NA PANDIWA.

1. Aking ipahahayag – BDB 707, KB 765, *Piel* PANG-PANGKAT

2. pupurihin kita – BDB 237, KB 248, *Piel* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANG-PANGKAT kaunawaan

**22:23** Pansinin ang pagtutulad (paralelismo).

1. Kayong nangatatakot sa PANGINOON
2. kayong lahat na binhi ni Jacob
3. kayong lahat na binhi ni Israel

Sila ay

1. magsipuri sa Kaniya – BDB 237, KB 248, *Piel* PAUTOS
2. lumuwalhati sa Kaniya – BDB 457, KB 455, *Piel* PAUTOS
3. magsitayong may takot sa Kaniya – BDB 158, KB 185, *Qal* PAUTOS

**22:24** Ang mga dahilan para sa pagpuri, pagluwalhati, at pagkatakot kay YHWH ay

1. hindi niya hinamak (BDB 102, KB 117, *Qal* GANAP NA) ang nagdadalamhati
2. pinagtaniman man ang kadalamhatian (BDB 1055, KB 1646, *Piel* GANAP NA) ang nagdadalamhati
3. hindi niya ikinubli ang Kanyang mukha (BDB 711, KB 771, *Hiphil* GANAP NA) mula sa nagdadalamhati
4. nang siya'y dumaing sa kaniya, ay kaniyang dininig (BDB 1033, KB 1570, *Qal* GANAP)

Ang salmista ngayon ay nararamdamang si YHWH ay narinig na ang kanyang mga pagtatangis para sa pagtulong at tutugon (cf. vv. 21,22-24). Ito ay isang pagbabaliktad ng vv. 1-2,8,11,19.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:25-31**

**25 Sa iyo nanggagaling ang pagpuri sa akin sa dakilang kapisanan;**
**aking tutuparin ang aking mga panata sa harap nila na nangatatakot sa kaniya.**
**26 Ang maamo ay kakain at mabubusog;**
**kanilang pupurihin ang PANGINOON na humanap sa kaniya.**
**mabuhay nawa ang iyong puso magpakailan man!**
**27 Lahat ng mga wakas ng lupa ay makakaalaala, at magsisipanumbalik sa PANGINOON,**
**at lahat ng mga angkan ng mga bansa ay magsisisamba sa harap mo.**
**28 Sapagka't ang kaharian ay sa PANGINOON**
**at siya ang puno sa mga bansa.**
**29 Lahat na matataba sa lupa ay magsisikain, at magsisisamba,**
**silang lahat na nagsisibaba sa alabok ay magsisiyukod sa harap niya,**
**kahit na ang hindi makapagingat na buhay ng kaniyang kaluluwa.**
**30 Isang binhi ay maglilingkod sa kaniya;**
**sasaysayin ang Panginoon sa *susunod na* salin ng lahi.**
**31 Sila'y magsisiparoon at mangaghahayag ng kaniyang katuwiran**
**sa bayan na ipanganganak ay ibabalita, yaong kaniyang ginanap.**

**22:25-26** Ang tagpuan ay isang pagsambang tagpuan, maaaring sa tabernakulo/templo (i.e., "tutuparin ang panata" at "kakain at mabubusog"). Ang mga mananamba ay ipinapakilala bilang "ang nagdurusa" (BDB 776) mula sa v. 24. Sila ang mga taong

1. humahanap kay YHWH, v. 26 – BDB 205, KB 233, *Qal* PANDIWARI
2. nagpupuri kay YHWH, v. 26 – BDB 237, KB 248, *Piel* DI-GANAP

**22:26 "mabuhay nawa ang iyong puso magpakailan man"** Ang PANDIWANG ito (BDB 310, KB 309, *Qal* PANGKAUTUSAN) ay nagpapakilala ng karaniwang wikaing ginamit ng Hari ng Israel/Judah. Ang salmista ay isang hari. Mayroong tila pagdaloy sa vv. 28-31 sa pagitan ng kasunduang Diyos at

Kanyang pangharing kinatawan (i.e., Mesias, cf. 2 Samuel 7:1-17).

**22:27** Ang pangkalahatang pagbibigay-diin ay nakakagulat at hindi mapagkakamalian.

1. lahat ng mga wakas ng lupa (cf. Isaias 45:22; 49:6; 52:10; 66:23; Jeremias 16:19; Mikas 5:4)
2. mga angkan ng mga bansa (cf. Genesis 12:3; Mga Gawa 3:25; taga-Galacia 3:8)

Pansinin gagawin ng mga bansa.

1. makakaalala kay YHWH – BDB 269, KB 269, *Qal* DI-GANAP
2. magsisipanumbalik kay YHWH – BDB 996, KB 1427, *Qal* DI-GANAP (PANDIWA ay kadalasang ginamit sa pagsisisi)
3. magsisamba sa harap Mo/Niya – BDB 1005, KB 295, *Hishtaphel/Hithpalel* DI-GANAP, cf. Awit 66:4; 86:9

**22:28** Ang dahilan para sa ang pangkalahatang pagbibigay-diin ay binigay. Ito palagiang pagnanais ni YHWH. Ito ay ang maliwanag na implikasyon ng Genesis 1:26-27 at ang teolohikong pagbibigay-diin ng monoteismo!

1. Ang kaharian ay kay YHWH (cf. Awit 47:7-9; 67:4; Obadia v. 21; Zacarias 14:9)
2. siya ang puno sa mga bansa (cf. Awit 47:8; 1 Cronica 16:31)

**22:29** Ang talatang ito ay mahirap na isalin. Sa literal ito ay

> "lahat silang sa buong lakas ay kakain at magpapatirapa sa kanilang sarili; lahat silang nasa pinto ng kamatayan na ang mga espiritu ay nanghihina, ay titiklop ang tuhod sa harapan Niya" (JPSOA)

Mayroong maliwanag na pag-iiba sa pagitan ng mayaman at mahirap/mamamatay. Ang tayunin ng talata ay ang bawa't-isa, saanman ay sasamba kay YHWH/Kanyang Mesias. Pwede ba tayong pumunta nang malayo na para nating tinitingnan ang talatang ito bilang isang pagtuturo sa kabilang-buhay? Sa liwanag ng paggamit ng NT, ang Awit na ito na tumutukoy sa kamatayan ni Hesus, ay maaari (cf. Lucas 23:39-43).

Ang isa ay nagtataka kung v. 29b ay mayroong anumang kaugnayan sa taga-Filipos 2:10. Ang NT ay nagpapahayag ng sa isang araw bawat tuhod ay yuyukod.

1. ang mga napahamak
2. ang mga naligtas

Ang pagyukod na ito sa kahatulan ay hindi isang pagkilos ng pananampalataya para sa mga napahamak, ngunit isang pagtanggap ng isang patas na kahatulan.

▣
**NASB, NKJV** **"kahit na ang hindi makapagingat na buhay ng kaniyang kaluluwa"**
**NRSV** **"at ako ay mabubuhay para sa Kaniya"**
**NJB** **"silang mga patay"**
**REB** **"ngunit ako ay mabubuhay para sa kanyang kapakanan"**

Ang MT ay makikita sa NASB, kung saan ang UBS Text Project ay nagbigay ng isang "C" na antas (maraming pagduruda). Ang LXX ay makikita sa NRSV, na kinapapalooban ng pag-aayos ng dalawang katinig.

MT –ונפשו לא חיה
LXX – ונפשי ל חיה

**22:30-31** Ang isang bagong pananampalataya binhi/pamilya/supling ay darating mula sa kasindak-sindak na pangyayari ng pagdurusa. Paglilingkuran ni lang Siyang Nagdurusa at ihahayag ang Kanyang katuwiran (i.e., kawalang kasalanan)!

**22:31**
**NASB** **"yaong kaniyang ginanap"**
**NKJV** **"Siya ang gumawa nito"**
**NRSV** **"ginawa niya ito"**
**TEV** **"iniligtas ng PANGINOON ang kanyang bayan"**
**NJB** **"siya ang nagsakatuparan nito"**
**LXX, JPSOA,**
**REB** **"kumilos ang PANGINOON"**

Ang PANDIWA (BDB 793, KB 889, *Qal* GANAP NA) ay nasasabi ng isang natapos na gawain (cf. 1 Samuel 26:25; Daniel 8:24). Sa liwanag ng paggamit ng NT, ito tumutukoy sa katubusan ng sangkatauhan sa Kalbaryo (cf. taga-Roma 5:12-21), na pinatunayan at beripikado ng walang laman na libigan (cf. 1 taga-Corinto 15:1-28)!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Awit bang ito ay isang pagtataya, isang tipolohiya, o isang propesiyang maraming katuparan?
2. Itala ang maaaring mga kaugnayan sa pagitan ng salmong ito at kamatayan ni Hesus.
3. Ang salmista ay tinatawag ang kanyang mga kaaway sa pamamagitan ng mga pangalan ng maraming mga hayop. Itala sila.
4. Bakit mayroong pagduruda tungkol sa salitang "binutasan" sa talata 16?
5. Ipaliwanag ang pagpapalit ng kalooban ng talata 22.
6. Bakit lubhang mahalaga sa teolohiya ang mga talata 27-29?

# AWIT 23

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang PANGINOON, ang Pastol ng Salmista | Ang PANGINOONG ang Pastol ng Kanyang Bayan | Isang Pagpapahayag ng Pagtitiwala sa Pagkalinga ng Diyos (Isang Awit ng Pagtitiwala) | Ang PANGINOON Ating Pastol | Ang Mabuting Pastol |
| Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David. | | | | |
| 23:1-3 | 23:1-3 | 23:1-3 | 23:1-4 | 23:1-2a |
| | | | | 23:2b-3 |
| 23:4-6 | 23:4 | 23:4 | | 23:4 |
| | 23:5-6 | 23:5-6 | 23:5-6 | 23:5 |
| | | | | 23:6 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay maaaring ang pinakakilalang talata sa ang Bibliya ng pangkalahatang madla; ang iba pa ay Juan 3:16 o "ang pag-ibig na kabanata" sa 1 taga-Corinto 13.
   Ito ay ang biblikal na pangmundong pananaw ng isang matapat na tagasunod. Ang pagtuon ay kay YHWH at Kanyang presensya, pagkalinga, at pagtutustos!

B. Ito ay gumagamit ng tatlong naiibang pagkulturang mga talinghaga upang ilarawan ang malapit na personal na aspeto ng biblikal na pananampalataya (i.e., "Ako," "ko," "akin").

1. Ang Diyos bilang Pastol; ang Kanyang mga tao bilang nangangailangang tupa, Awit 23:1-2
2. Ang Diyos bilang Gabay; ang Kanyang mga tao bilang nangangailangang manlalakbay, vv. 3-4
3. Ang Diyos bilang Nag-aanyaya; ang Kanyang mga tao bilang tinanggap na panauhin, vv. 5-6

C. Ang Awit na ito ay mayroong sampung DI-GANAP (nagpapatuloy na pagkilos) MGA PANDIWA. Ang Diyos ay nandito sa bawat araw, hindi lamang sa mga panahon ng krisis. Ito ay ang salungat sa punto sa OT ng Mateo 6:11.
1. hindi ako mangangailangan – BDB 341, KB 338, *Qal* KABALIGTARANG DI-GANAP, cf. Awit 34:9,10
2. Kaniyang pinahihiga ako – BDB 918, KB 1181, *Hiphil* DI-GANAP
3. pinapatnubayan niya ako – BDB 624, KB 675, *Piel* DI-GANAP
4. Kaniyang ipinapanumbalik ang aking kaluluwa – BDB 996, KB 1427, *Polel* DI-GANAP, cf. Awit 19:7
5. pinapatnubayan niya ako – BDB 634, KB 685, *Hiphil* DI-GANAP, cf. Awit 5:8; 31:3
6. bagaman ako'y lumalakad – BDB 229, KB 246, *Qal* DI-GANAP
7. wala akong katatakutang kasamaan – BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 27:1
8. Sila (i.e., pamalo at tungkod) nagsisialiw sa akin – BDB 636, KB 688, *Piel* DI-GANAP
9. Iyong pinaghahandaan ako ng dulang sa harap ko – BDB 789, KB 884, *Qal* DI-GANAP
10. Tunay na ang kabutihan at kaawaan ay susunod sa akin – BDB 922, KB 1191, *Qal* DI-GANAP
11. Ako ay tatahan – BDB 996, KB 1427, *Qal* GANAP NA may *waw*, cf. Awit 27:4-6

D. Ang *UBS Handbook* (p. 230) ay tinala na ang Awit na Awit na ito ay walang magkasing-kahulugang pagtutulad (paralelismo). Ang mga patulang ay hindi magksasinghaba (i.e., magkatulad na haba). Ito ay isang klimatikong pagpapatuloy sa maikli at malinaw na pananalita. Ang kaiklian nito ay nagpapatingkad ng mensahe at kapangyarihan nito!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:1-3**
**1 Ang PANGINOON ay aking pastol,**
**hindi ako mangangailangan.**
**2 Kaniyang pinahihiga ako sa sariwang pastulan**
**pinapatnubayan niya ako sa siping ng mga tubig na pahingahan.**
**3 Kaniyang pinapanumbalik ang aking kaluluwa;**
**pinapatnubayan niya ako sa mga landas ng katuwiran**
**alangalang sa kaniyang pangalan.**

**23:1** Ang pagbubukas na linya sa literal ay "si YHWH ay siyang magpapastol sa akin." Ang tanging MAKADIWA ay ang *Qal* TAHAS NA PANDIWARI (BDB 944, KB 1258). Ang konsepto kay YHWH bilang Pastol ay isang maharlikang titulo sa ANE (i.e., Hammurabi). Sa OT, ito ay ginamit sa isang kaunawaan ng
1. isang paglalarawan – Awit 78:52; Ezekiel 34:11-13
2. isang kasunduan titulo – Awit 80:1
3. isang talinghaga – Isaias 40:11; Jeremias 31:10
4. ang Mesias bilang Pastol – Juan 10:11; 1 Pedro 2:25

Ito ay isang makapangyarihang paglalarawan dahil sa

1. ang malapit at palagiang presensya ng pastol kasama ang mga tupa
2. ang pangangailangan ng mga tupa ng isang laging naroon na tagapangalaga at tagapagtanggol

▣ **"hindi ako mangangailangan"** Ito ay isang payak ngunit malawak na saklaw na parirala. Hindi ito tumutukoy sa bawat hinahangad o pangangailangan. Ito ay nagpapakilala ng pangangailangan para sa tupa na maging malusog. Ang pinakamalubhang bagay na maaaring gawin ng Diyos could do para sa karamihan nang nalugmok na mga tao ay sumagot sa nang positibo sa kanilang makasarili, makamundong mga pakiusap. Ang Pastol ng ating mga kaluluwa ay gagawin at ipagkakaloob ang kung ano ang pinakamabuti sa atin!

**23:2** Ang talatang ito ay inilalarawan ang talata 1. Natataman ng pastol na kailangan ng mga tupa ng
1. pahinga
2. pagkain
3. tubig

Siya ay nagkakaloob ng mga paraang ito na maaring tanggapin ng mga tupa (i.e., ang tamang pagkain, tubig na maaari nilang mainom nang madalian). Tayo ay hindi nag-iisa (cf. Awit 139)! Mayroong layunin sa ating mga buhay, kahit na sa isang nalugmok na mundo. Ito ay hindi nangangahulugang ipahiwatig ang isang walang-pasakit, walang suliraning karanasan sa buhay. Pinagtitibay nito sa Siya ay kasama natin, at para sa atin (cf. 1 taga-Corinto 10:13).

**23:3 "Kaniyang pinapanumbalik ang aking kaluluwa"** Ang talatang ito ay nagpapahayag at kinikilala ang nalugmok na pantaong kalagayan (cf. Isaias 53:6). Kailangan natin ang "pagpapanumbalik." Ang PANDIWANG ito (BDB 996, KB 1427) ay ang mismong PANDIWA na ginamit sa "pagsisisi," tingnan ang Natatanging Paksa sa 7:12. Ang parehong PANDIWA ay ginamit sa v. 6 sa pagbabalik ng tabernakulo/ templo para sa panghabang-buhay na pagsasama-sama. Ang mga matatapat na tagasunod, na inuudyukan sa pamamagitan ng espiritu ng Diyos, ay dapat na tumalikod sa sarili at kasalanan, patungo sa Diyos. Ang biblikal na kaligtasan ay
1. isang pagbabaliktad ng pagkapahamak (pagkalugmok)
2. pagpapanumbalik sa pagiging napakalapit sa Diyos
3. pagtalikod mula sa kilalang kasalanan at pagpapatawad para sa di-nalalamang kasalanan (cf. Awit 19:12-14)
4. ang may pakay na pagbaling sa Diyos (i.e., sa pagsasama-sama, pagsunod, at pagsamba, cf. 23:3b)

Ang Hebreong terminong "kaluluwa" ay *nephesh* (BDB 659, KB 711, tingnan ang tala sa Awit 3:2) at maaaring tumukoy sa
1. mga taong nilalang – Genesis 2:7
2. mga hayop – Genesis 1:24; 2:19

▣
**NASB, NKJV** **"sa mga landas ng katuwiran"**
**NRSV, TEV,**
**JPSOA, REB** **"sa tamang mga daan"**
**NJB** **"sa mga landas ng nagliligtas katarungan"**

Sa konteksto ito, ito ay tumutukoy sa mga ligtas na landas na naghahatid sa pagkain at tubig. Ang salitang "matuid" o "katuwiran" (BDB 841, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5) sa panimula ay may isang etiko, moral na aspeto at tiyak na ito ay ipinahihiwatig dito (cf. taga-Efeso 1:4; 2:10). Ang makilala ang Diyos ay ang mabuhay sa pagsunod sa Kanyang ay inihayag na kalooban. Ang implikasyon nito ay pinapalakas ng huling parirala ng v. 3, "alangalang sa kaniyang pangalan" (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12). Siya ay "nangunguna" kaya tayo ay maaaring "mabuhay" para sa Kaniya. Tayo bilang matapat na mga tagasunod ay inihahayag Siya! Iniligtas Niya

tayo upang iligtas ang iba. Tayo ay iniligtas upang maglingkod!

Para sa pariralang "alangalang sa kaniyang pangalan," tingnan ang Awit 25:11; 31:3; 79:9; 106:8; 109:21; 143:11. Tayo ay nabubuhay upang ihayag ang Kanyang katangian at mga layunin. Kadasan, hindi ito ginawa ng Israel (cf. Jeremias 14:21; Ezekiel 20:9,14,22; 36:22-38).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:4-6**

**4Oo, bagaman ako'y lumalakad sa libis ng lilim ng kamatayan**
**wala akong katatakutang kasamaan, sapagka't ikaw ay sumasa akin;**
**ang iyong pamalo at ang iyong tungkod, ay nagsisialiw sa akin.**
**5Iyong pinaghahandaan ako ng dulang sa harap ko sa harapan ng aking mga kaaway;**
**iyong pinahiran ang aking ulo ng langis;**
**ang aking saro ay inaapawan.**
**6Tunay na ang kabutihan at kagandahang-loob ay susunod sa akin sa lahat ng mga kaarawan ng aking buhay,**
**at ako'y tatahan sa bahay ng PANGINOON magpakailan man.**

**23:4**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"sa libis ng lilim ng kamatayan"** |
| **NRSV** | **"ang pinakamadilim na lambak"** |
| **TEV** | **"ang pinakamalalim na kadiliman"** |
| **NJB** | **"isang bangin na kasingdilim ng kamatayan"** |
| **LXX** | **"anino ng kamatayan"** |
| **JPSOA, REB** | **"isang lambak ng pinakamalalim na kadiliman"** |

Ito ay isang KAYARIAN ng "libis" (BDB 161) at "kadiliman," "malalim anino" (BDB 853). Maraming mga iskolar ay nag-iisip na ang צלמות ay nagmula sa צל at מות.

1. anino, lagim, kadiliman – BDB 853, KB 1024
2. kamatayan, agaw-buhay – BDB 560, KB 563

Ito ay ginamit nang labingwalong beses sa OT (sampu sa Job) para sa

1. kamatayan – Job 10:21,22; 38:17; Awit 107:10,14
2. pagkabahala – Job 16:16; 24:17; Awit 44:20
3. kadalasang sa konteksto na taliwas sa liwanag – Job 3:5; 12:22; 24:17; 28:3; 34:22; Jeremias 13:16; Amos 5:8

Ito ay ginamit na naglalarawan sa nakatatakot, nakakabahala, at nakamamatay na mga karanasan ng nalugmok na sangkatauhan sa nalugmok na mundong ito. Ang buhay ay nakakatakot ngunit Diyos ay kasama natin (cf. 23:4b,c; Deuteronomio 31:6,8; Mateo 28:20; 2 taga-Corinto 4:9; Hebreo 13:5).

▣ **"kakatakutan…nagsisialiw"** Anong isang kaibahan! Ang mga matapat ay hinarap ang mga pagsubok na may pagtitiwala dahil ang Diyos ay kasama nila (i.e., sumasagisag sa pamalo at tungkod ng Pastol, ang Kanyang mga kagamitan sa pagkalinga at pangangalaga).

Ang mga suliranin ay darating! Hindi natin sila haharapin nang nag-iisa! Hindi kailanman! Hindi Niya tayo iiwan ni pababayaan (cf. Deuteronomio 31:6; Josue 1:5; Hebreo 13:5).

**23:5** Hindi lamang ang Diyos ay kasama natin at para sa atin, ipagtatanggol Niya sa tayo sa mismong presensya ng pumipinsala sa atin. Ang inaasahang pagkulturang kagiliwan sa pagtanggap ay ginamit upang ipakilala ang maranyang kasaganahan ng pag-ibig ng Diyos.

1. pinaghandaan ng dulang
2. pinahiran ng langis ang ulo
3. umaapaw na pag-ibig

▣ **"inaapawan"** Ito ay isang hindi karaniwang salitang (BDB 924, "puspos") matatagpuan lamang

dito sa OT. Ang Awit 66:12 ay mayroong "lugar ng kasaganahan" (bahagyang iba ang pagkakatitik). Ang LXX ay isinalin ito bilang "pinapasaya ako ng iyong saro tulad ng pinakamasarap na alak" o "ang iyong saro ay lubhang nakakalasing," na maliwanag na tinatanganan ang diwa mula sa "puspos" bilang "nalasing."

**23:6 "kabutihan"** Ang PANDIWA (BDB 373), PANG-URI (BDB 373 II), at PANGNGALAN (BDB 375III) lahat ay nagpapakilala sa kung ano ang "mabuti," "kalugud-lugod," "kapaki-pakinabang." Sila ay ginamit nang malawak sa Awit, Kawikaan, at Ecclesiastes. Ito ay ang nais gawin ng Diyos para sa Kanyang pangkasuduang bayan (i.e., Deuteronomio 30:9,15).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kagandahang-loob"** |
| **NKJV, NRSV** | **"kahabagan"** |
| **TEV** | **"pag-ibig"** |
| **NJB** | **"matapat na pag-ibig"** |
| **JPSOA** | **"palagiang pag-ibig"** |
| **REB** | **"pag-ibig na hind magmamaliw"** |

Ito ay ang natatanging kasunduan PANGNGALAN *hesed* (BDB 338), na nagpapakilala ng matapat, di-tampat na kasunduang katapatan ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7). Ang kasunduang katapatan ay mas lalong naging kapansinpansin sa liwanag ng pagiging masuwayin ng Israel (cf. Nehemiah 9:6-38).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV, REB** | **"susunod"** |
| **TEV** | **"ay kasama ko"** |
| **NJB, LXX, JPSOA** | **"susundo"** |

Ang PANDIWANG ito (BDB 922, KB 1191, *Qal* DI-GANAP) ay may isang mas mapusok na kaunawaan kaysa sa "sumunod." Ipinipakilala nito ang aktibong hangarin. Kung iisipin, ang pangkasunduang pag-ibig ng Diyos ay hinabol ang mga Israelita. Ito ay isang

1. panghukbong salita
2. pangangasong salita
3. panghukumang salita

Huminto! Tumalikod! Tingnan kung sino ang sumusundo sa iyo, oo ikaw!

▣ Ang huling linya kontekstong ito sa OT ay hindi nagpapakilala ng walang hanggang buhay (ang ibang mga teksto ay gayun nga, cf. Pahayag 21:3-7; 22:1-5) ngunit isang buhay ng kasunduang kabutihan (cf. Deuteronomio 30:3,15,19). Ito ay dapat ipamuhay sa pang-araw-araw at palagian sa tabernakulo/templong pagsamba.

Ang PANDIWA (BDB 996, KB 1427, *Qal* GANAP NA may *waw*) ay nagpapakilala

1. na umupo kasama ng (mga sinauna)
2. na bumalik (Hebreo)

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5.

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maitutulad si YHWH sa isang pastol?
2. Paano mailalapat ang MGA PANDIWA ng mga talata 1-3 apply sa pang-araw-araw na buhay ng matapat na mga tagasunod?
3. Bigyang-kahulugan "ang libis ng anino ng kamatayan."
4. Pinagpapauna ba ng Awit na ito ang isang pangalawang buhay?
5. Bakit kaya makahulugan ang Awit sa mga mananampalataya sa lahat ng panahon?

# AWIT 24

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Hari ng Kaluwalhatian ay pumasok | Ang Hari ng Kaluwalhatian at Kanyang Kaharian | Isang Liturhiya sa Pagpasok Santuwaryo | Ang Dakilang Hari | Para sa isang Taimtim na Pagpasok ng Santuwaryo |
| <u>Panimula sa MT</u> | | | | |
| Isang Awit ni David. | | | | |
| 24:1-6 | 24:1-2 | 24:1-2 | 24:1-2 | 24:1-2 |
| | 24:3-6 | 24:3-6 | 24:3-6 | 24:3 |
| | | | | 24:4 |
| | | | | 24:5-6 |
| 24:7-10 | 24:7-10 | 24:7-10 | 24:7-8 | 24:7 |
| | | | | 24:8 |
| | | | 24:9-10 | 24:9 |
| | | | | 24:10 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isang salmo tungkol
   1. kay YHWH bilang manlilikha (vv. 1-2) at mandirigma (v. 8)
   2. sa kanilang lumalapit sa Kanya upang sambahin Siya (vv. 3-6)

B. Pansinin ang naaalinsunod na paggamit ng magkasingkahulugang pagtutulad (paralelismo)

C. Pansinin ang mga pangpagkilanlan
1. O mga pintuang-bayan, vv. 7,9
2. O mga walang hanggang pintuan, vv. 7,9
3. Jacob, v. 6 ay maaaring "O Jacob"

D. Pansinin ang mga titulo at mga naglalarawang parirala
1. ang Diyos ng kanyang kaligtasan, v. 5 (cf. Awit 18:46; 25:5; 51:14; 79:9)
2. ang Hari ng kaluwalhatian, vv. 7,8,10 (dalawang beses)
3. si YHWH ay malakas at makapangyarihan, v. 8
4. si YHWH ay napakalakas sa digmaan, v. 8
5. si YHWH ng mga hukbo, v. 10

Mga Bilang 3,4,5 ay mayroong isang panghukbong pakahulugan.

E. Pansinin kung paano pinahintulutan na lumapit kay YHWH sa pagsamba (cf. Awit 15) at Kanyang tabernakulo/templo ay inilalarawan.
1. siya na mayroong malinis na kamay, cf. Job 17:9; 22:30
2. siya na may isang dalisay na puso, cf. Awit 73:1
3. siya na hindi naitaas ang kanyang kaluluwa sa kasinungalingan, cf. Ezekiel 18:15
4. siya na hindi nanumpa na mapanlinlang
5. silang naghahanap sa Kaniya, cf. Awit 9:10; 24:4,8; 27:8; 34:4; 69:32

Ito ay maaaring isang liturhikong awitin ng Levita bilang mananamba sa dumating sa isang itinakdang araw ng pista.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:1-6**

**1 Ang lupa ay sa PANGINOON at ang buong narito,**
**ang sanglibutan, at silang nagsisitahan dito.**
**2 Sapagka't itinatag niya sa ibabaw ng mga dagat**
**at itinatayo sa ibabaw ng mga baha.**
**3 Sinong aahon sa bundok ng PANGINOON?**
**At sinong tatayo sa kaniyang dakong banal?**
**4 Siyang may malinis na mga kamay at may dalisay na puso,**
**na hindi nagmataas ang kaniyang kaluluwa sa walang kabuluhan**
**at hindi sumumpa na may kabulaanan.**
**5 Siya'y tatanggap ng pagpapala sa PANGINOON**
**at ng katuwiran sa Diyos ng kaniyang kaligtasan.**
**6 Ito ang lahi ng mga nagsisihanap sa kaniya,**
**na nagsisihanap ng iyong mukha, sa makatuwid baga'y Jacob. Selah.**

**24:1-2** Ang mga talatang ito ay nagpapahayag kay YHWH bilang manlilikha (cf. Genesis 1-2; Exodo 9:29; 19:5; Awit 50:12; 89:11; Awit 104), kapwa walang buhay at may buhay, kapwa mga hayop at mga tao (cf. Awit 146:6; Jeremias 27:5; 51:15).

Sa talata 2 ang matalinghagang paglalarawan ay ang mundo itinatag bilang tubig (cf. Awit 104:3,5; 136:6). Ang tubig (kapwa tabang [i.e., mga ilog] at maalat [i.e. mga dagat]) ay hindi sinasabing nilikha sa Genesis 1. Sa mitolohiya ng ANE, ang tubig tumutukoy sa isang dambuhalang *chaos*. Para sa iba pang kaalaman, tingnan ang

1. mga tala sa Genesis 1:2 sa Genesis 1-11 na walang-bayad sa internet sa

www.freebiblecommentary.org

2. NIDOTTE, tomo 4, pp. 545-549, “Mandirigmang Diyos”). Sa Bibliya, ang Diyos ang namamahala ng tubig (cf. Amos 9:6).

Siya, hindi ang mga pagkamayabong na diyos, ay gumagamit nito para sa Kanyang mga layunin.

1. linikha at kahatulan
2. maipagpatuloy ang mga buhay ng halaman at hayop (i.e., mga taunang ulan)

**24:1 “lupa. . .sanlibutan”** Ang unang salita (BDB 75) ay lubhang karaniwan at may isang malawak na semantikong paggagamitan, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2. Ang pangalawa salitan (BDB 385) ay isang patulang SINGKAHULUGAN na ginamit karaniwan sa Awit at Isaias.

**24:2 “itinatag. . .itinatayo”** Ang mga ito ay dalawang PANDIWA (cf. Kawikaan 3:19)

1. BDB 413, KB 417, *Qal* GANAP
2. BDB 465, KB 414, *Polel* DI-GANAP

ay sa isang magkaagapay na pakikipag-ugnayan. Sila ay kapwa nagpapahayag na si YHWH, ang manlilikhang Diyos, ay matatag na naitatag ang tuyong lupa sa mga haligi (cf. 1 Samuel2:8; Job 9:6; Awit 75:3), na umaabot sa ilalim ng karagatan at mga ugat ng bundok (cf. Job 38:4- 6; Awit 18:7,15; Jonas 2:6).

Ito ay hindi isang makabagong pang-agham na paglalarawan ngunit patulang paglalarawan bago pa ang agham! Ang Bibliya ay hindi naisulat upang sagutin o magbigay-kaalama sa makabagong kanluraning agham. Ito ay isang *Ancient Near Eastern* na aklat, nakasulat sa wika ng di-pangkaraniwang bagay o penomenolohiya (i.e., gaya ng mga bagay na makikita sa limang pandama ng mga tao).

**24:3-6** Ito ay maaaring isang hiwalay na istropa (tingnan ang unang pahina ng mga pampanitikang yunit ng mga salin sa Ingles). Tinatalakay nito ang mga humahanap ng pagsamba sa Diyos ng linikha (cf. v. 6 at Mga Kaunawaang Kontekstwal, E).

Ang lugar ng pagsamba sa Kaniya ay sa Kanyang tabernakulo/templo sa Herusalem (v. 3). Ang templo ay isang sagisag ng buong mundo (cf. Jewish Study Bible, p. 1308, vv. 1-2 at NASB Study Bible, p. 762, v. 2). Isang bagong aklat na tumulong sa akin sa pag-unawa ng Genesis 1-2 kay YHWH sa pagtatatag ng Kanyang templo ay si John Walton, *The Lost World of Genesis One*. Umaasa ako na titingnan niyo. Ito ay maaaring malutas, o kahit papaano ay mabawasan, ang di pagkakasundo sa

1. ang gulang mundo
2. ebolusyon
3. layunin ng Genesis 1-2
4. paano maiuugnay ang Genesis sa iba pang mga tala ng paglilikha sa ANE

Para magawa ito, ang pangkasunduang pagsunod (cf. Awit 15) ay kinakailangan (cf. v. 4). Ang sinumang sumunod ay makakatanggap ng

1. isang pagpapala mula sa YHWH, v. 5
2. katuwiran (i.e., pagtatanggol, cf. Isaias 54:17) mula sa Diyos ng kanyang kaligtasan, v. 5

Ang mga talatang 4-6 ay sinasagot ang dalawang katanungan na iminungkahi sa talata 3. Ang istropang ito ay tila naging isang liturhiya ng muling pagkabuhay, inawit ng mga Levita bilang mga mananamba na umakya sa tabernakulo/templo sa Bundok Moria.

**24:4 “magmataas”** Ang PANDIWANG ito (BDB 669, KB 724) ay ginamit nang maraming beses sa Awit na ito.

1. v. 4 – na hindi nagmataas ang kaniyang kaluluwa sa walang kabuluhan (*Qal* GANAP)
2. v. 5 – Siya'y tatanggap ng (lit. “matangay”) pagpapala (*Qal* DI-GANAP)
3. vv. 7,9 – Itaas ninyo ang inyong mga ulo, Oh kayong mga pintuang-bayan (*Qal* PAUTOS)
4. vv. 7,9 – kayo'y mangataas, kayong mga walang hanggang pintuan (*Qal* PAUTOS)

5. paanong maiuugnay ang Genesis o hindi sa makabagong agham

▣ **"kaluluwa"** Ito ay ang Hebreong terminong *nephesh* (BDB 659). Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at 23:3.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sa walang-kabuluhan"** |
| **NKJV** | **"sa isang diyus-diyosan"** |
| **NRSV, REB** | **"sa isang hindi tunay"** |
| **TEV** | **"pagsamba sa mga diyus-diyosan"** |
| **NJB** | **"mga walang kabuluhan"** |
| **JPSOA** | **"huwad na panunumpa"** |

Ang salita (BDB 996) sa panimula ay nangangahulugang "walang laman," "walang kabuluhan," o "walang halaga." Ito ay ginamit sa maraming kaunawaan (tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba).

**NATATANGING PAKSA: WALANG SAYSAY, WALANG KABULUHAN, WALANG KATOTOHANAN, WALANG HALAGA (BDB 996)**

Ang salitang ito ay talatagang na ngangahulugang "walang saysay," "walang kabuluhan," o "walang halaga."

1. panunumpa/paggamit ng pangalan ni YHWH sa walang kabuluhan – Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13; 10:20; Awit 24:4; 139:20
2. ng diyus-diyosan – Awit 31:6; Jeremias 18:15; Jonas 2:8
3. ng pagsasalita – Awit 12:2; 41:6; 144:8,11; Kawikaan 30:8; Isaias 59:3; Ezekiel 13:8; Osias 10:4
4. ng mga layunin o motibo – Job 15:31; Isaias 5:18; 30:28
5. ng propesiya – Job 35:13,16; Panaghoy 2:14; Ezekiel 12:24; 13:6,7,9,23; 22:28
6. ng walang halagang tao – Job 11:11; Awit 26:4
7. ng pantaong pagkilos – Awit 60:13; 89:48; 108:13; 127:2
8. ng mga walang kabuluhang hain o alay – Isaias 1:13

Ito ay hindi katulad ng terminong "kapalaulan" (BDB 210 I), na madalas gamit sa Ecclesiastes. Ito ay makikita sa Awit 31:6; 39:5-6,11; 62:9; 78:33; 94:11, 144:4.

▣ Kung ang v. 4 ay mayroong apat na katangian ng isang tunay na matapat na tagasunod, at kung ang pangalawang linya ay magkaagapay pangatlo, ngayon, sila ay kapwa dapat na tumutukoy sa tunay na patotoo sa hukuman, sa halip na ang v. 4b ay tumutukoy sa pagsamba sa diyus-diyosan. Ang paggamit ng "katuwiran" sa isang panghukumang kaunawaan (cf. v. 5b) ay nagbibigay pagtitiwala dito. Pansinin din ang NIDOTTE, tomo 3, p. 153, kung saan ang "malinis na kamay" ay inilalarawan ang isang panghukumang pagpapawalang-sala.

**24:6 "nagsisihanap. . .nagsisihanap"** Ang mga dalawang salin ay magkaiba ngunit magkaagapay ang Hebreong salitang-ugat.

1. BDB 205, KB 233, *Qal* PANDIWARI (MT – PANG-ISAHANG, *Qere* – PANGMARAMIHAN), cf. Awit 78:34
2. BDB 134, KB 152, *Piel* PANDIWARI, cf. Deuteronomio 4:29; 1 Cronica 16:11; 2 Cronica 7:14; Awit 27:8; 105:4; Osias 3:5; 5:15; Zephanias 1:6; 2:3

▣ **"makatuwid baga'y Jacob"** Ito ay maaaring nauunawaan sa higit sa isang paraan.

1. ang Diyos ni Jacob (LXX)

2. hanapin ang Diyos gaya ng paghahanap ni Jacob sa Kaniya
3. iba pang pangalan para sa pangkasuduang bayan (tulad ng “mga salin-lahi”); Jacob = Israel

▣ **“Selah”** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at sa Panimula sa Awit, VII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:7-10**

**7 Itaas ninyo ang inyong mga ulo, Oh kayong mga pintuang-bayan,**
**at kayo'y mangataas, kayong mga walang hanggang pintuan,**
**at ang hari ng kaluwalhatian ay papasok!**
**8 Sino ang Hari ng kaluwalhatian?**
**Ang PANGINOONG malakas at makapangyarihan,**
**ang PANGINOONG makapangyarihan sa pagbabaka.**
**9 Itaas ninyo ang inyong mga ulo, Oh kayong mga pintuang-bayan,**
**Oo, magsitaas kayo, kayong mga walang hanggang pintuan,**
**at ang hari ng kaluwalhatian ay papasok!**
**10 Sino itong Hari ng kaluwalhatian?**
**Ang PANGINOON ng mga hukbo,**
**siya ang Hari ng kaluwalhatian. Selah.**

**24:7-10** Ang mga pintuan/ mga pintuang-bayan ay dapat na tumutukoy sa mga pintuan ng Herusalem at ng templo (v. 3). Sila ay binigyang katauhan upang bumati sa Hari ng kaluwalhatian, si YHWH, habang Siya ay dumarating sa Kanyang tahanan/templo pagkatapos ng isang tagumpay (cf. Exodo 14:14; 15:3; Deuteronomio 1:30; 3:22, i.e., banal na digmaan). Ito ay maaari na ang pag-akyat mula sa arko ng kasunduan ay sumasagisag sa muling pagbabalik ni YHWH sa templo. Pansining lahat ng mga utos.

1. Itaas ninyo ang inyong mga ulo – BDB 669, KB 724, *Qal* PAUTOS
2. kayo'y mangataas – BDB 669, KB 724, *Niphal* PAUTOS
3. ang hari ng kaluwalhatian ay papasok – BDB 97, KB 112, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
4. Itaas ninyo ang inyong mga ulo – tulad ng #1
5. kayo’y mangataas – tulad ng #2, ngunit *Qal* PAUTOS
6. tulad ng #3

Ang *UBS Handbook* (p. 241) ay iminumungkahi na nag talata 7 ay ang liturhikong pagtangis ng mga manlalakbay sa pagdating sa pagsamba. Kung kaya, ngayon, ang mga talatang 8 at 10 ay maaaring isang liturhikong pagtugon ng mga Levita. Sa aking palagay, ang mga talata 1-6 ay binubuo ng isang Levitikong liturhiya na isinawika ng mga nagbabantay sa templo.

**24:10** Walang MAKADIWA sa talatang ito. Ang PANDIWA ay idinagdag para sa mga mambabasang Ingles gaya ng sinaunang Hebreong mambabasa.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng

mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang Awit 15 sa Awit 24?
2. Bigyang kahulugan ang "kabulaanan" sa kaunawaan nito sa OT.
3. Ano ang ibig-sabihin ng "nagsisihanap ng Iyong mukha"?
4. Sa anong pangyayayri tila ang mga talata 7-10 ay naging isang liturhikong mantra?

# AWIT 25

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Panalangin para sa Pagkalinga, Patnubay at Pagpapatawad | Isang Pagsamo para sa Pagpapalaya at Pagpapatawad | Pagpapalaya mula sa Personal na mga Kaaway (Isang Panaghoy) | Isang Panalangin para sa Pangangalaga | Panalangin sa Panganib (Akrostik) |
| <u>Panimula sa MT</u> | | | | |
| Isang Awit ni David. | | | | |
| 25:1-3 | 25:1-3 | 25:1-2 | 25:1-3 | 25:1-2a (*Aleph*) |
| | | | | 25:2b (*Bet*) |
| | | | | 25:3 (*Gimel*) |
| | | 25:3 | | |
| 25:4-7 | 25:4-5 | 25:4-5 | 25:4-5 | 25:4 (*Dalet*) |
| | | | | 25:5 (*He*) |
| | 25:6-7 | 25:6-7 | 25:6-7 | 25:6c-7 (*Waw*) |
| | | | | 25:6 (*Zain*) |
| | | | | 25:7 (*Het*) |
| 25:8-11 | 25:8-11 | 25:8-10 | 25:8-10 | 25:8 (*Tet*) |
| | | | | 25:9 (*Yod*) |
| | | | | 25:10 (*Kaph*) |
| | | 25:11-15 | 25:11-14 | 25:11 (*Lamed*) |
| 25:12-15 | 25:12-15 | | | 25:12 (*Mem*) |
| | | | | 25:13 (*Nun*) |
| | | | | 25:14 (*Samek*) |
| | | | 25:15-18 | 25:15 (*Ain*) |
| 25:16-22 | 25:16-21 | 25:16-18 | | 25:16 (*Pe*) |
| | | | | 25:17 (*Zade*) |
| | | | | 25:18 (*Qoph*) |
| | | 25:19-21 | 25:19-21 | 25:19 (*Resh*) |
| | | | | 25:20 (*Shin*) |
| | | | | 25:21 (*Taw*) |
| | 25:22 | 25:22 | 25:22 | 25:22 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isang akrostik (cf. mga istropaNJB). Gayunman, dalawang titik ay nawawala at ang dalawa ay dinoble (Jewish Study Bible, p. 1309).

B. Ito ay pinangingibabawan ng mga mariing panalangin ng kahilingan.
   1. MGA PANG-PANGKAT
      a. v. 2 – "huwag nawa akong mapahiya," BDB 101, KB 116, *Qal* PANG-PANGKAT (ang salitang-ugat na ito ay ginamit nang apat na beses sa Awit na ito; ito ay hindi malaking pagpapahiya kundi isang pagbubunyag ng kawalang pananampalataya)
      b. v. 20 – "huwag nawa akong mapahiya, katulad ng bilang isa., ngunit *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANG-PANGKAT kaunawaan (*inclusio*)
   2. MGA DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
      a. v. 2 – "huwag nawang magtagumpay sa akin ang aking mga kaaway, BDB 763, KB 836, *Qal* DI-GANAP
      b. v. 7 – "Huwag mong alalahanin ang aking mga kasalanan" BDB 269, KB 269, *Qal* DI-GANAP (salitang ito-ugat na ay ginamit nang tatlong beses sa vv. 6-7)
      c. v. 21 – "Magingat sa akin ang pagtatapat at katuwiran," BDB 665, KB 718, *Qal* DI-GANAP
   3. MGA PAUTOS
      a. v. 4 – "Ituro mo sa akin ang iyong mga daan," BDB 393, KB 390, *Hiphil*
      b. v. 4 – "ituro mo sa akin ang iyong mga landas," BDB 540, KB 531, *Piel*
      c. v. 5 – "Patnubayan mo ako sa iyong katotohanan," BDB 201, KB 231, *Hiphil*
      d. v. 5 – "ituro mo sa akin," tulad ng b.
      e. v. 6 – "alalahanin," BDB 269, KB 268, *Qal*
      f. v. 7 – "alalahanin," tulad ng e.
      g. v. 16 – "Panumbalikan mo ako," BDB 815, KB 937, *Qal*
      h. v. 16 – "maawa ka sa akin," BDB 335, KB 334, *Qal*
      i. v. 17 – "hanguin mo ako sa aking kapanglawan," BDB 422, KB 425, *Hiphil*
      j. v. 18 – "Gunitain mo ang aking pagkapighati," BDB 906, KB1157, *Qal*
      k. v. 18 – "ipatawad mo ang lahat kong mga kasalanan," BDB 669, KB 1157, *Qal*
      l. v. 19 – "Masdan mo ang aking mga kaaway," tulad ng j.
      m. v. 20 – "ingatan mo ang aking kaluluwa," BDB 1036, KB 1581, *Qal*
      n. v. 20 – "iligtas ako," BDB 664, KB 717, *Hiphil*
      o. v. 22 – "Tubusin mo ang Israel," BDB 804, KB 911, *Qal*

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 25:1-3**

[1]**Sa iyo, Oh PANGINOON, iginagawad ko ang aking kaluluwa.**
[2]**Oh Diyos ko sa iyo'y tumiwala ako,**
**huwag nawa akong mapahiya;**
**huwag nawang magtagumpay sa akin ang aking mga kaaway.**
[3]**Oo, walang naghihintay sa iyo na mapapahiya;**
**sila'y mangapapahiya na nagsisigawa ng karayaan ng walang kadahilanan.**

**25:1-3** Ang salmista ay natatakot na mapahiya sa ng kanyang mga kaaway ngunit sa gitna ng kanyang takot, ipinapahayag niya ang kanyang pananampalataya sa pinangakong tagumpay ni YHWH.

Kaniyang inilarawan ang kanyang sarili bilang isa na

1. iginagawad ang kaluluwa kay YHWH – BDB 669, KB 724, *Qal* DI-GANAP, na nagpapakilala ng nagpapatuloy na pagkilos (cf. Awit 86:4; 143:8)
2. nagtitiwala kay YHWH – BDB 105, KB 120, *Qal* GANAP, na nagpapakilala isang nananatiling pagkilos/kalagayan
3. naghihintay kay YHWH – BDB 875, KB 1082, *Qal* PANDIWARI, AB (p. 155) iminumungkahi nito mula sa ibang salitang-ugat na may katulad na titik na nangangahulugang "tumawag" o "makiusap"

Dahil ng ito siya ay nagtitiwala na siya ay hindi

a. mapapahiya (*inclusio*, cf. Awit 25:20; 31:1)
b. madadaig (cf. Awit 41:11)

ngunit ang kanyang mga kaaway ay gayun nga (cf. v. 3b). Sa isang kaunawaan silang nagtitiwala sa YHWH ay mga nagpapatotoo ng Kanyang katangian (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng ng Diyos ng Israel sa Awit 9:10b). Paano sila nabubuhay at nagtitiwala ay nagbibigay ng makapangyarihang katibayan ng katotohanan at katangian ni YHWH.

**25:3**
**NASB,**
**NKJV,**

| | |
|---|---|
| **REB** | **"walang kadahilanan"** |
| **NRSV, LXX** | **"walang pakundangan"** |
| **NJB** | **"walang katuwiran"** |
| **JPSOA** | **"nabigo, walang dala"** |
| **NET Bible** | **"sumalungat"** |
| **Peshitta** | **"walang kabuluhan"** |

Ang PANG-URING ito (BDB 938, KB 1229) ay maaaring nauunawaan sa dalawang paraan.

1. walang dahilan (cf. Awit 7:4)
2. sa walang kalalabasan (cf. Isaias 55:11; Jeremias 50:9)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 25:4-7**

[4]**Ituro mo sa akin ang iyong mga daan, Oh PANGINOON;**
**ituro mo sa akin ang iyong mga landas.**
[5]**Patnubayan mo ako sa iyong katotohanan, at ituro mo sa akin,**
**sapagka't ikaw ay Diyos ng aking kaligtasan;**
**sa iyo'y naghihintay ako buong araw.**
[6]**Iyong alalahanin, Oh PANGINOON, ang iyong mga kaawaan, at mga kagandahang-loob,**
**sapagka't magpakailan man mula ng una.**
[7]**Huwag mong alalahanin ang mga kasalanan ng aking kabataan, o ang aking pagsalangsang;**

**ayon sa iyong kagandahang-loob ay alalahanin mo ako,**
**dahil sa iyong kabutihan, Oh PANGINOON.**

**25:4-7** Pansinin ang magkakasunod na makapangyarihang mariing MGA PAUTOS na humihiling ng pagkilos ni YHWH sa kapakanan ng isa na nagtitiwala sa Kaniya.

1. ituro (BDB 393, KB 390, *Hiphil* PAUTOS) ang iyong mga daan (BDB 202, cf. Awit 25:4,8,9,12)
2. ituro (BDB 540, KB 531, *Piel* PAUTOS) mo sa akin ang iyong mga landas (BDB 73, cf. 25:4,10)
3. Patnubayan (BDB 201, KB 231, *Hiphil* PAUTOS) mo ako sa iyong katotohanan (BDB 54, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1)
4. ituro mo (BDB 540, KB 531, *Piel* PAUTOS) sa akin

Ang isa na nagtitiwala (at naghihintay, vv. 5c, 21b) ay nagnanais na makilala is YHWH sa kapwa personal na pagsasama-sama at katotohanan ng kapahayagan. Bahay sa katotohanang ito at pamumuhay ng pagsunod, ngayon ay kanyang hiniling kay YHWH na

1. alalahanin ang Kanyang katangian (cf. v. 7b,c), tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:10b
    a. kaawaan – BDB 933 (v. 5)
    b. kagandahang-loob – BDB 338 (cf. v. 6,7, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7)
    c. kabutihan – BDB 375 (v. 7)
2. Huwag mong alalahanin ang mga kasalanan (BDB 308) ng aking kabataan (cf. Job 13:26)
3. Huwag mong alalahanin ang aking mga pagsalangsang (BDB 833)

**24:4 "mga daan. . .mga landas"** Ang mga katotohanan ng kapahayagan ni YHWH ay makikita bilang isang minarkahang/nanisnisang mabuti na daan o landas (tingnan ang tala sa Awit 1:1). Walang pagkalito tungkol sa kung ano ang gagawin, tanging ang pangangailangan para sa pagsunod sa landas na minarkahang (cf. Awit 139:24). Ang landas ng Diyos ay kadalasang inilarawan bilang pantay, tuwid, walang sagabal, maliwanag na nakikita.

**24:6 "sapagka't magpakailan man mula ng una"** Ang salmista ay nagtatanong kay YHWH na kumilos patungo sa kaniya (at Israel, cf. 22) sa di-nagbabagong paraan na Kaniyang ipinakita sa nakalipas (cf. Awit 89:49). Sa isang kaunawaan, ang salmista ay ninanais sa pangkasunduang Diyos maalala Niya ang Kanyang mga pangkasunduang pangako. Siya ay kumilos na sa nakalipas, ngayon muli kang kumilos para sa Iyong bayan at mga layunin. Kahit na ang salmista at Israel ay nagkasala sa kamang-mangan, hayaan ang Inyong pangkasunduan pag-ibig (*hesed*, i.e., pangkasunduan katapatan) at Inyong panimulang katangian (i.e., kabutihan at kahabagan, cf. Awit 23:6), ang magpatawad sa isang mapagkumbabang makasalanan (cf. vv. 8-11).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 25:8-11**

**8 Mabuti at matuwid ang Panginoon;**
**kaya't tuturuan niya ang mga makasalanan sa daan.**
**9 Ang maamo ay papatnubayan niya sa kahatulan,**
**at ituturo niya sa maamo ang daan niya.**
**10 Lahat na landas ng Panginoon ay kagandahang-loob at katotohanan**
**sa mga gayon na nangagiingat ng kaniyang tipan at kaniyang mga patotoo.**
**11 Dahil sa iyong pangalan, Oh PANGINOON,**
**iyong ipatawad ang aking kasamaan, sapagkat ito ay dakila.**

**25:8-11** Maraming mga susing salita at mga konsepto ang mula sa vv. 4-7 ay inuulit sa istropang ito. Tandaang ito ay isang akrostik na salmo. Ang lahat ng patulang lisensiya at pagiging manlilikha ay ginamit dito.

1. 25:8a pinupuri ang katangian ni YHWH, gaya ng sa vv. 6,7
    a. mabuti (BDB 373)
    b. matuwid (BDB 449)
2. ang 25:8b-9 ay muling binanggit ang pagtuturo at pangunguna ni YHWH, gaya ng sa vv. 4-5

Ang dalawang idinagdag na mga kaisipan ay ang mga salitang naglalarawan tungkol sa isang tinuruan at pinangunahan.

1. mga makasalanan (BDB 308), v. 8
2. mapagpakumbaba (BDB 776), v. 9 (dalawang beses)

Ang mga landas ni YHWH ay maipapakilala bilang

1. kagandahang-loob (cf. vv. 6,7)
2. katotohanan (cf. v. 5)

**25:10 "mga landas. . .mga patotoo"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Pahayag ng Diyos sa Awit 1:2.

▣ **"na nangagiingat ng kaniyang tipan"** Pansinin ang pagbibigay-diin, hindi lamang sa kaalaman (cf. 25:4-5) ngunit sa pagsunod (cf. Deuteronomio 5:10; 6:5; 7:9; 10:12; 11:1,13,22; 13:3; 19:9; 30:6,16,20; Awit 103:18). Ang pagsunod ay hindi ang mekanismo (kaparaanan) ng pagtanggap at pagpapatawad, na kay YHWH ngunit ang bunga ng pagkakatagpo sa Kaniya at nababatid ng Kanyang kalooban. Sinabi ito ni Hesus nang napakainam sa Lucas 6:46, gayundin, tingnan ang taga-Efeso 2:8-9 at saka 1:4; 2:10. Ang biyaya ay palaging una (cf. 25:11)! Ito ay tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya ngunit ito ay isang pananampalataya na dapat ipamuhay (cf. Santiago 2:14-26).

▣ **"tipan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: KASUNDUAN (TIPAN) (ברית)**

Ang salitang OT na *berith* (BDB 136), kasunduan, ay hindi madaling ipaliwanag. Ito ay walang katulad na PANDIWA sa Hebreo. Ang lahat ng mga pagsisikap na makuha ang pinanggalingang etimolohikong kahulugan ay napatunayang hindi kapani-paniwala. Gayunman, ang maliwanag na nasa gitna ng konsepto ay nagtulak sa mga iskolar na pag-aralan ang pagkagamit ng salita na nagtatangkang malaman ang kanyang umiiral na kahulugan.

Ang kasunduan ay nangangahulugang ang isang tunay na Diyos ay nakikipag-ugnayan sa Kanyang nilalang na sangkatauhan. Ang konsepto ng kasunduan, tratado, o pinagsang-ayunan ay napakahalaga sapagkaunawa ng biblikal na kapahayagan. Ang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng pagiging makapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili na tao ay maliwanag na makikita sa konsepto ng kasunduan. Ang ilang mga kasunduan ay nakabatay lamang sa katangian at mga pagkilos ng Diyos.

1. Ang paglalang mismo (cf. Genesis 1-2)
2. Ang panawagan kay Abraham (cf. Genesis 12)
3. Ang kasunduan kay Abraham (cf. Genesis 15)
4. Ang pagpapanatili at pangako kay Noah (cf. Genesis 6-9)

Gayunman, ang pinakalikas ng kasunduan ay nangangailangan ng pagtugon.

1. Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Adan ay kailangang sumunod sa Diyos at hindi kumain ng bunga ng puno sa gitna ng Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abraham ay kailangang iwan ang kanyang pamilya, sumunod sa Diyos, at manampalataya sa mga salinlahi sa hinaharap
3. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noah ay kailangang gumawa ng isang malaking

bangka na malayo sa tubig at itipon ang mga hayop

4. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Moises ay inilabas ang mga Israelita sa Ehipto patungong Bundok ng Sinai at tumanggap ang tiyak na mga pamatnubay para sa pang-relihiyon at panlipunang pamumuhay na may mga pangako ng mga pagpapala at mga sumpa (cf. Deuteronomio 27-28)

Ang katulad na pag-igting (tensyon) na ito na kinapapalooban ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa sangkatauhan ay isinaalang-alang sa “bagong kasunduan.” Ang pag-igting (tensyon) ay maaaring maliwanag na makita sa pagtutulad ng Ezekiel 18 sa Ezekiel 36:27-37 (pagkilos ni YHWH). Ang kasunduan ba ay sang-ayon sa mapagbiyayang pagkilos ng Diyos o inuudyukan ng pagtugon ng tao? Ito ang lumiliyab na isyu ng Lumang Kasunduan at ng Bago. Ang layunin ng dalawa ay iisa: (1) ang pagpapanumbalik ng pagkikipag-ugnayan kay YHWH na nawala sa Genesis 3 at (2) ang pagtatatag ng isang matuwid na bayan na magpapakita ng katangian ng Diyos.

Ang bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34 ay linulutas ang pag-igting (tensyon) sa pamamagitan ng pagtanggal sa pagsusumikap ng tao bilang paraan ng pagtatamo ng pagtanggap. Ang kautusan ng Diyos naging panloob na pagnanais sa halip na isang panlabas na titik ng kautusan. Ang layunin ng isang maka-Diyos, matuwid na tao ay nananatiling magkatulad, ngunit ang pamamaraan ay nagbabago. Ang nalugmok na sangkatauhan ay pinatunayan sa kanilang sarili na hindi sapat na maging aninag na larawan ng Diyos. Ang suliranin ay hindi sa kasunduan ng Diyos, ngunit ang pagiging makasalanan at mahina ng tao (cf. taga-Roma 7; taga-Galacia 3).

Ang katulad na pag-igting (tensyon) sa pagitan ng walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan sa OT ay nananatili sa NT. Ang kaligtasan ay lubos na walang bayad sa natapos na gawain ni Hesu Kristo, ngunit kailangan nito ang pagsisisi at pananampalataya (kapwa sa panimula at pagpapatuloy). Ito ay kapwa isang legal na pagpapahayag at isang panawagan sa pagiging katulad ni Kristo, isang nagpapahiwatig na kapahayagan ng pagtanggap at isang utos sa kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas sa pamamagitan ng kanilang pagsusumikap, ngunit para sa pagsunod (cf. taga-Efeso 2:8-10). Ang maka-Diyos na pamumuhay ay naging ang katunayan ng kaligtasan, hindi ang paraan ng kaligtasan. Gayunman, ang walang hanggang buhay ay may kapuna-punang mga katangian! Ang pag-igting (tensyon) ay maliwanag na makikita sa Hebreo.

**25:11** Anumang pag-asa ng pagpapatawad ay batay sa di-nagbabagong katangian ni YHWH (cf. Awit 102:26-27; Malakias 3:6; Santiago 1:17, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:10b) at Kanyang Mesias (cf. Hebreo 13:8). Ito ay dahil ng Kanyang pangalan at katangian (cf. Awit 79:9).

▣ **“sapagkat ito ay dakila”** Minsang malaman natin ang katangian ng Diyos (i.e., kabanalan, cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48) at ang katotohanan ng Diyos, ang ating mga kasalanan at kanilang mga kahihinatnan ay naging mas hayag sa atin. Ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama (cf. Genesis 3) ay nagdulot ng isang kapahayagan ng ating paghihimagsik at mga kahihinatnan nito!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 25:12-15**

**12 Anong tao siya na natatakot sa PANGINOON?**
**Siya ang tuturuan niya ng daan na kaniyang pipiliin.**
**13 Ang kaniyang kaluluwa ay tatahan sa kaginhawahan,**
**at mamanahin ng kaniyang binhi ang lupain.**
**14 Ang pakikipagibigan ng Panginoon ay nasa nangatatakot sa kaniya,**
**at ipakikilala niya sa kanila ang kaniyang tipan.**
**15 Ang aking mga mata ay palaging na sa PANGINOON,**
**sapagka't huhugutin niya ang aking mga paa sa silo.**

**25:12-15** Gaya ng mga istropa 4-7 at 8-11, ang katulad na mga paksa ay nagpapatuloy dito. Pansinin

kung paanong ang matapat na tagasunod ay inilalarawan.

1. siya ay pagkatakot kay YHWH, vv. 12,14, cf. Awit 15:4; 103:11,13; 115:11; 118:4
2. nalalaman niya ang kasunduan ni YHWH, v. 14
3. ang kanyang mga mata ay patuloy na nakatingin kay YHWH, v. 15

Pansinin kung ano ang gagawin ni YHWH para sa kaniya.

1. Siya ang tuturuan niya ng daan, v. 12, cf. Awit 16:11; 139:24
2. Siya ay magkakaloob ng mabuti (BDB 373) para sa kaniya at kanyang mga supling, v. 13
3. Siya ay naghahayag sa kanya ng mga katotohanan Niya, v. 14
4. Iingatan niya ang kanyang mga paa sa landas na walang kapinsa, v. 15

**25:12 "pipiliin"** Mayroong isang teolohikong pagtitimbang sa Bibliya sa pagitan ng mga makapangyarihang pagkilos ni YHWH at Kanyang paghingi sa mga tao na piliin Siya at Kanyang mga paraan (cf. Deuteronomio 30:15,19; Josue 24:14-15). Tayo ay may pananagutan para sa ating mga pagpili! Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: ELEKSYON/PREDESTINASYON AT ANG PANGANGAILANGAN PARA SA TEOLOHIKONG PAGTIMBANG**

Ang eleksyon o pagpili ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa pagpapaborito, ngunito ayang pagtawag na maging daluyan, isang kagamitan o paraan para sa katubusan ng iba! Sa Lumang Tipan ang salitang ay ginamit ng unang-una para sa paglilingkod; Sa Bagong Tipan ito ay ginamit ng unang-una para sa kaligtasan na umuusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay kailanman hindi pinag-ayos ang waring magkasalungat sa pagitan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit naniniwala sa kanila pareho! Ang mabuting halimbawa ng biblikal na tensyon ay ang Roma 9 para sa kapangyarihan ng Diyos sa pagpili at Roma 10 sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikong tensyon (pag-igting) na ito ay matatagpuan sa Efeso 1:4. Si Hesus ay pinili tao Diyos at lahat ay maaaring piliin sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay oo ng Diyos sa pangangailangan ng makasalanang sangkatauhan (Karl Barth). Ang Efeso 1:4 ay nakakatulong din na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaad na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi langit, kundi kabanalan (pagiging kagaya ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit sa mga benepisyo ng ebanghelyo at pinagwawalang-bahala ang mga pananagutan! Ang pagtawag ng Diyos (Eleksyon) ay para sa panahon at maging sa walang hanggan!

Ang mga doktrina ay dumarating na may kaugnayan sa ibang mga katotohanan, hindi bilang nag-iisa, walang kinalamang mga katotohanan. Isang magandang analogo ay ang mga konstelasyon laban sa nag-iisang bituin. Ang Diyos ay nagpapakita ng mga katotohanan sa silanganin, hindi kanluraning mga dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon (pag-igting) na inihatid ng dyalektikal (kabalintunaan) mga paris ng mga pang-doktrinang na katotohanan:

1. Predestinasyon laban sa malayang pagpili ng tao
2. Katiyakan ng mga mananampalataya laban sa pangangailangang magtiis
3. Orihinal na kasalanan laban sa pakusa na kasalanan
4. Kawalang kasalanan (perpeksyonismo) laban sa pagkakasala ng kaunti
5. Panimulang madaliang pag-aaring ganap laban sa progresibong pagpapaging banal
6. Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong pananagutan
7. Transendesiya ng Diyos laban sa katangian ng Diyos
8. Diyos bilang sukdulang di makikilala laban sa Diyos bilang makikilala sa Kasulatan
9. Ang Kaharian ng Diyos bilang pangkasalukuyan laban sa panghinaharap na kaganapan
10. Pagsisisi bilang regalo ng Diyos laban sa pagsisisi bilang kinakailangang maktaong tipanang pagtugon

11. Si Hesus bilang banal laban sa Hesus bilang tao
12. Si Hesus bilang kapantay sa Ama laban sa Hesus bilang nagpapailalim sa Ama

Ang teolohikal na konsepto ng "tipanan" ay pinag-isa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (na laging nagpapasimula at nagtatakda ng mg adyenda) na may inaatas na panimula at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalatayang pagtugon mula sa mga tao. Maging maingat sa pagprupruwebang teksto sa isang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaad lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya!

**25:14**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NJB** | **"pakikipag-ibigan"** |
| **NRSV** | **"pakikipag-kaibigan"** |
| **TEV** | **"kaibigan"** |
| **LXX** | **"pagbibigay kapangyarihan"** |
| **JPSOA** | **"pagpapayo"** |
| **REB** | **"pagtitiwala"** |

Ang Hebreong salitang (BDB 691, KB 745) ay maaaring mangahulugang (cf. Job 15:8; Awit 111:1)

1. lihim na pagtalakay – Job 29:4; Awit 55:14
2. sikretong pagpapayo – Job 15:8; Kawikaan 11:13; 20:19; 25:9
3. lupon ng mga pinagkakatiwalaan – Awit 89:7; Jeremias 15:17; 23:18,22

Ang mga pakuhulugang ito ay maaaring mabago at mapagpapalit. Mayroong isang natatanging pagsangguni, pagsa-sama-sama, at pagbabahagi ng kaalaman sa pagitan ng pangkasunduang Diyos at Kanyang matapat na mga tagasunod.

**25:15** Gaya ng mga mata ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:4-6) ay nagpapatuloy sa kanila na may takot sa Kaniya at sumusunod sa Kaniya, kaya gayundin, ang matapat na nagpapatuloy na maging matapat sa pamamagitan ng pag-iingat ng kanilang buo at nakatuong pansin sa Kaniya (cf. Hebreo 12:2)!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 25:16-22**

**16Panumbalikan mo ako, at maawa ka sa akin,**
**sapagkat ako'y nag-iisa at nagdadalamhati.**
**17Ang kabagabagan ng aking puso ay lumaki;**
**Oh hanguin mo ako sa aking kapanglawan.**
**18Gunitain mo ang aking pagkapighati at aking damdam,**
**at ipatawad mo ang lahat kong mga kasalanan.**
**19Masdan mo ang aking mga kaaway, sapagka't sila'y marami,**
**at pinagtataniman nila ako ng mabagsik na pagkagalit.**
**20Oh ingatan mo ang aking kaluluwa, at iyong iligtas ako;**
**huwag nawa akong mapahiya, sapagka't nanganganlong ako sa iyo.**
**21Magingat sa akin ang pagtatapat at katuwiran,**
**sapagka't hinihintay kita.**
**22Tubusin mo ang Israel, Oh Diyos**
**mula sa lahat na kaniyang kabagabagan.**

**25:16-21** Ang istropang ito ay nagtatala ng mga suliranin ng salmista.

1. ako ay nag-iisa
2. ako ay nagdadalamhati
3. kanyang puso ay mayroong mga kaguluhan

4. siya ay nasa pagkabahala
5. ang kanyang mga kaaway ay marami
6. sila ay napopoot sa kaniya na may matinding kapootan
7. siya ay natatakot sa kahihiyan

Sa liwanag ng mga bagay na ito, kanyang hiningi kay YHWH na

1. bumaling sa kaniya (i.e., magbigay-painsin sa kaniya, cf. Awit 69:16; 86:16)
2. na maging mapagbiyaya sa kaniya
3. na tingnan/malaman ang kanyang mga suliraning
4. na patawarin Niya ang kaniyang mga kasalanan (cf. 25:18; Awit 32:1; 51:2; 103:3)
5. na bantayan ang kanyang kaluluwa (cf. Awit 86:2)
6. na palayain siya

Ang kanyang mga kadahilanan para sa paggawa ni YHWH ng mga bagay na ito para sa kaniya ay

1. siya ay nanganganlong kay YHWH
2. siya ay nagpapahayag ng alinman sa kanyan o integridad at katuwiran ni YHWH (dahil sa 25:18b, ito ay pinakamainam na tingnan ang bilang mga katangian ni YHWH. AB (p. 159) na nagmumungkahi na sila ay mga kinatawang nagbibigay katauhan kay YHWH)
3. siya ay naghihintay para kay YHWH (cf. Awit 25:3)

**25:22** Sa aking palagay, ito ay isang hiwalay na pahayag ng pagtatapos (isang talata na lagpas sa akrostik na tularan). Ang Hari ay kinakatawan ang mga tao. Ito ay ang huling panalangin kahilingan ng salmista at ito ay may pambansang saklaw. Tubusin (BDB 804, KB 911, *Qal* PAUTOS, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 19:14) ang Iyong pangkasuduang bayan (i.e., "Israel"), para sa Iyong walang hanggang pangkatubusang mga layunin (tingnan ang Natatanging Paksa sa Panimula sa Awit 2).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang mga kahilingan sa panalangin ng mga talata 4-7.
2. Itala ang suliranin ng salmista mga talata 16-21.
3. Paano mo bubuurin ang mensahe ng Awit na ito?
4. Paano mo mailalapat ang Awit na ito sa iyong buhay?

# AWIT 26

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagtutol sa Integridad at Panalangin para sa Pagka-lingas | Isang Panalangin para sa Kaligtasan at Katubusang mula sa Diyos | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa Personal na mga Kaaway (Isang Panaghoy) | Ang Panalangin ng isang Mabuting Tao | Panalangin ng Walang Kasalanan |
| <u>Panimula sa MT</u><br>Isang Awit ni David. | | | | |
| 26:1-7 | 26:1-5 | 26:1-3 | 26:1-3 | 26:1 |
| | | | | 26:2 |
| | | | | 26:3 |
| | | 26:4-5 | 26:4-5 | 26:4-5 |
| | 26:6-8 | 26:6-7 | 26:6-7 | 26:6-8 |
| 26:8-12 | | 26:8-10 | 26:8-10 | |
| | 26:9-10 | | | 26:9-10 |
| | 26:11-12 | 26:11-12 | 26:11 | 26:11-12 |
| | | | 26:12 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito, tulad ng nakakaraming Karunungang Panitikan, ay batay sa konsepto sa OT na kilala bilang "ang dalawang paraan" (cf. Deuteronomio 30:15,19; Awit 1). Mayroong

kasaganahan para sa kanila na susunod sa salita ni YHWH at kaparusahan para sa kanila na hindi (i.e., ang mga sumpa at mga pagpapala ng Levitico 26 at Deuteronomio 27-29).

B. Ang salmista ay tila ay pinaparatangan ng ilang paglabag sa kasunduan. Ang pinakamalapit na haka ay pagsamba sa diyus-diyosan.

C. Talata 9 ay nagpapahiwatig isang paghihiwalay sa katapusan-ng-buhay sa pagitan ng matapat at di-matapat. Ang kabilang-buhay sa OT ay walang katiyakang (cf. Job 14:7-12,13-14; 19:25-27; Awit 16:10; 49:15; 73:24; Isaias 25:8; 26:19; Daniel 12:1-4) konsepto ngunit nagpapatuloy na kapahayagan (i.e., NT) na naglilinaw ng isyu (cf. Mateo 25:46; Juan 5:29; Mga Gawa 24:15; 1 taga-Corinto 15).

**NATATANGING PAKSA: ANG MULING PAGKABUHAY**

A. Katibayan para sa muling pagkabuhay
   1. Limampung (50) pagkatapos sa Pentecostes, ang muling pagkabuhay ay naging susi talata ng pangangaral ni Pedro (cf. Mga Gawa 2). Libo-libong naninirahan sa dakong yaon kung saan ito naganap ay nanampalataya!
   2. Ang mga buhay ng disipulo ay sukdulang nabago mula sa panghihina ng kalooban (hindi nila inaasahan ang muling pagkabuhay) hangang sa katapangan, kahit na sa pagiging martir.

B. Kahalagahan ng muling pagkabuhay
   1. Nagpapakita na si Hesus ang nag-aangkin kung sino Siya (cf. Mateo 12:38-40 hula sa kamatayan at muling pagkabuhay)
   2. Ibinigay ng Diyos ang Kanyang pagsang-ayon sa buhay, katuruan, at panghaliling kamatayan ni Hesus! (cf. taga-Roma 4:25)
   3. Ipinakita sa ating ang pangako sa lahat ng mga Kristiyano (i.e. mga katawan sa muling pagkabuhay, cf. I taga-Corinto 15)

C. Ang mga pag-aangkin mula kay Hesus na Siya ay muling mabubuhay mula sa mga patay
   1. Mateo 12:38-40; 16:21; 17:9,22, 23; 20:18-19; 26:32; 27:63
   2. Marcos 8:31; 9:1-10, 31; 14:28,58
   3. Lucas 9:22-27
   4. Juan 2:19-22; 12:34; mga kabanata 14-16

D. Karagdagang Pag-aaral
   1. *Evidence That Demands a Verdict* ni Josh McDowell
   2. *Who Moved the Stone?* ni Frank Morrison
   3. *The Zondervan Pictorial Encyclopedia of Bible*, “Resurrection,” “Resurrection of Jesus Christ”
   4. *Systematic Theology* ni L. Berkhof, pp. 346, 720.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 26:1-7**

**1 Iyong hatulan ako Oh PANGINOON, sapagka't ako'y lumakad sa aking pagtatapat,**
**ako naman ay tumiwala sa PANGINOON, na walang bulay-bulay.**
**2 Siyasatin mo ako, Oh PANGINOON, at iyong subukin ako;**
**subukin mo ang aking puso at ang aking isip.**
**3 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay nasa harap ng aking mga mata,**
**at ako'y lumakad sa iyong katotohanan.**
**4 Hindi ako naupo na kasama ng mga walang kabuluhang tao,**
**ni papasok man ako na kasama ng mga mapagpakunwari.**

**[5]Aking pinagtataniman ang kapisanan ng mga manggagawa ng kasamaan,**
**at hindi ako uupo na kaumpok ng masama.**
**[6]Aking huhugasan ang aking mga kamay sa pagkawalang sala,**
**sa gayo'y aking lilibirin ang iyong dambana, Oh PANGINOON,**
**[7]Upang aking maiparinig ang tinig ng pagpapasalamat**
**at maisaysay ang lahat na iyong kagilagilalas na gawa.**

**26:1-7** Ang istropang ito ay nagpapahayag ng pagnanais ng salmista na mapawalang-sala ni YHWH. Siya ay pinaratangang ng ilang kasamaan, maaaring pagsamba sa diyus-diyosan.

1. hatulan – BDB 1047, KB1022, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 7:8; 17:2-3; 35:24; 43:1; sinusubok ni YHWH ang Kanyang mga tao, cf. Jeremias 11:20; 12:3; 20:12; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 11:4b
2. siyasatin mo ako – BDB 103, KB 119, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 139:23
3. subukin ang aking isip – BDB 650, KB 707, *Piel* PAUTOS, cf. Awit 7:9; ang isip (lit. "mga pantog") at puso ay mga wikain para sa ang buong pagkatao (i.e., mga kaisipan, mga motibo, mga pagkilos)

Ang may-akda ngayon ay nagtala ng mga kadahilanan kung bakit dapat siyang ipawalang-sala.

1. ako'y lumakad sa aking pagtatapat – BDB 229, KB 246, *Qal* GANAP, cf. 26:3b at 26:11a; Job 4:6; Awit 7:8; 25:21; 41:12; 78:72; 101:2; Kawikaan 2:7; 19:1; 20:7; 28:6
2. Ako ay nagtiwala kay YHWH na walang pag-aatubili – pansinin ang dalawang MGA PANDIWA.
   a. nagtiwala – BDB 105, KB 120, *Qal* GANAP, cf. Awit 13:5; 52:8; ito ay isang nananatiling kalagayan
   b. walang pag-aatubili – BDB 588, KB 609, *Qal* DI-GANAP na isang nagpapatuloy na pangangailangan (cf. Hebreo 10:23); katulad na paglalarawan ay makikita sa Awit 5:8 at 18:36
3. ako'y lumakad sa iyong katotohanan – BDB 229, KB 246, *Hithpael* GANAP NA with *waw*; ang katotohanan dito ay nangangahulugang katapatan, hindi pagkaalaman
4. Hindi ako naupo na kasama ng mga walang kabuluhang tao – BDB 442, KB 444, *Qal* GANAP NA, cf. Awit 1:1 (ito maaaring tumutukoy sa pagsamba sa diyus-diyosan, cf. NIDOTTE, tomo 4, p. 54)
5. Hindi papasok man ako na kasama ng mga mapagpakunwari – BDB 97, KB 112, *Qal* DI-GANAP
6. Aking pinagtataniman ang kapisanan ng mga manggagawa ng kasamaan – BDB 971, KB 1338, *Qal* GANAP, cf. Awit 31:6; 139:21
7. hindi ako uupo na kaumpok ng masama – BDB 442, KB 444, *Qal* DI-GANAP
8. Aking huhugasan ang aking mga kamay sa pagkawalang sala – BDB 934, KB 1220, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 73:13; Mga Bilang 8 at 9 ay ritwal na mga pagkilos na isinasakatuparan sa mga pambansang pagsamba (cf. Deuteronomio 21:6)
9. aking lilibirin ang iyong dambana – BDB 685, KB 738, *Poel* PANG-PANGKAT, ito tumutukoy sa ilang uri ng ritwal pagsasayaw o martsa, cf. Josue 6:3-15; Awit 43:3-4; 48:12
10. aking maiparinig ang tinig ng pagpapasalamat (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:1)
    a. malakasa na pag-awit – BDB 1033, KB 1570, *Hiphil* PAWATAS NA KAYARIAN
    b. pamamahayag – BDB 707, KB 765, *Piel* PAWATAS NA KAYARIAN, cf. Awit 9:1; 40:5; 75:1

Pansinin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng MGA GANAP at MGA DI-GANAP. Tandaang ang panahon ay hindi bahagi ng Hebreong MGA PANDIWA, natapos na o nagpapatuloy na pagkilos.

▣ Pansinin kung papaano inilarawan ang mga katunggali ng matapat na mga tagasunod.

1. walang-kabuluhang tao (i.e., sumasamba sa diyus-diyosan, walang kabuluhan, BDB 996,

tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 24:4)
2. mga mapagkunwari (i.e., mga mapagpaimbabaw, BDB 761, KB 824, *Niphal* PANDIWARI)
3. ang kapisanan ng mga manggagawa ng kasamaan (BDB 949, KB 1269, *Hiphil* PANDIWARI)
4. masasama (BDB 957)

Gayundin, ang lahat ng mga positibong pagkilos ng salmista ay maaaring nauunawaan hindi bilang mga isinakatuparan ng mga katunggali. Siya ay walang-sala at humuhingi ng pagpapawalang-sala. Sila ay maysala at marapat sa kahatulan.

Ang tala ng mga terminong naglalarawan para sa kanyang mga katunggali (cf. Awit 1:5; 5:10; 15:2-5) ay pinalawak sa susunod na istropa.

1. mga makasalanan (BDB 308)
2. mabagsik na tao (BDB 60 KAYARIAN BDB 196, cf. Awit 5:6; 55:23; 139:19)
3. masasamang nagpapakana (BDB 273, cf. Awit 37:7), AB ay imunumungkahing ito ay tumutukoy sa diyus-diyosan (p. 163)
4. naghahandog ng suhol (BDB 1005), cf. Exodo 23:8; Deuteronomio 16:19; Awit 15:5

Ang isa ay nagtataka sa mga taong ito. Sila ba ay pangkasuduang bayan na namumuhay nang walang katapatan o hindi mga pangkasuduang bayan na walang liwanag? Tulungan tayo ng Diyos, sila ay tila mga taong na may liwanag, katotohanan, at kapahayagan ngunit piniling tanggihan ito!

**26:3 "kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7.

**26:5 "kapisanan ng mga manggagawa ng kasamaan"** Ang salitang "kapisanan" (*qahal*, BDB 874) ay ang kaligiran sa OT sa katawagan sa NT ng iglesiya, *ekklesia* (lit. "ang mga tinawag," i.e., ang iglesiya) ay ginamit sa isang LXX na isalin *qahal*.

Ang kaisipan ay mayroong dalawang uri ng kapisanan (cf. Mateo 7:13-14)

1. ang matapat na mga tao ng Diyos – Awit 22:22,25; 35:18; 40:9,10; 89:5; 107:32; 149:1
2. ang mga manggagawa ng kasamaan (i.e., mga mananamba ng diyus-diyosan, cf. Awit 31:6)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 26:8-12**

**8 PANGINOON, aking iniibig ang tahanan ng iyong bahay**
**at ang dako na tinatahanan ng iyong kaluwalhatian.**
**9 Huwag mong isama ang aking kaluluwa *kasama ng* mga makasalanan,**
**ni ang aking buhay man sa mga mabagsik na tao,**
**10 Na ang mga kamay ay kinaroroonan ng kasamaan,**
**at ang kanilang kanan ay puno ng mga suhol.**
**11 Nguni't tungkol sa akin ay lalakad ako sa aking pagtatapat;**
**iyong tubusin ako, at mahabag ka sa akin.**
**12 Ang aking paa ay nakatayo sa isang panatag na dako;**
**sa mga kapisanan ay pupurihin ko ang PANGINOON.**

**26:8-12** Ang istropang ito ay kaagapay ang mga kaisipan ng vv. 1-7. Ang salmista muli ay nagtala kanyang katangian para sa pagtanggap at mga pagkilos/mga motibo ng kanyang mga kaaway para sa pagtanggi.

Ang mga katangian ng salmista:

1. iniibig ko ang templo – BDB 12, KB 17, *Qal* GANAP NA
2. lalakad ako sa aking pagtatapat – BDB 1070, cf. 26:1
3. Ang aking paa ay nakatayo sa isang panatag na dako (cf. Awit 27:11). Ito ay paglalarawan para sa maliwanag na landas, ang pantay na paraan ng kasunduan ni YHWH, cf. Awit 119:105

Ang salmista ay hiningi sa Diyos na kumilos sa kaniya na naiiba kaysa sa Kaniyang pagkilos sa mga masasama.

1. Huwag mong isama ang aking kaluluwa sa mga makasalanan (i.e., "pagtitipon," BDB 62, KB 74, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan. Ang PANDIWANG ito ay ginamit sa literal ng "ani" (cf. Isaias 62:9). Ito ay dumating na ginamit sa kamatayan (cf. Hukom 2:10; 2 Hari 22:20; 2 Cronica 34:28).
2. Huwag mong isama ang aking buhay man sa mga mabagsik na tao

Ang mga taong ito ay maipapakilala sa pagdanak ng dugo, masasamang balak, at suhol. Mayroong isang maliwanag na pagkakaiba sa pamumuhay sa pagitan ng matapat na tagasunod at walang katapatang Israelita na nagsasakatuparan ng mga pagkilos ng pagsamba at nakikilahok sa ritwal ngunit walang epekto sa pamumuhay (cf. Mateo 7:15-27)!

**NATATANGING PAKSA: APOSTASYA (*APHISTĒMI*) O PAGTALIKOD SA PANANAMPALATAYA**

Ang Griyegong salitang ito na *aphistēmi* ay may malawak na semantikong larangan. Gayunman, ang Ingles na salitang "apostasya" ay nanggaling sa salitang ito ay at may pagkiling ang kanyang pagkagamit na makabagong mambabasa. Ang konteksto, na palagian, ay ang susi, hindi ang isang paunang itinakdang kahulugan.

Ito ay isang tambalang salita mula sa pang-ukol na *apo*, na nangangahulugang "mula sa" o "malayo sa" at *histēmi*, "umupo," "tumayo," o "ayusin." Pansinin na ang mga sumusunod (di-teolohiko) na mga pagkakagamit:

1. alisin ng pisikal
   a. mula sa Templo, Lucas 2:37
   b. mula sa isang bahay, Marcos 13:34
   c. mula sa isang tao, Marcos 12:12; 14:50; Gawa 5:38
   d. mula sa lahat ng mga bagay, Mateo 19:27,29
2. alisin sa politika, Gawa 5:37
3. alisin sa pakikipag-ugnayan, Gawa 5:38; 15:38; 19:9; 22:29
4. alisin sa batas (diborsyo), Deuteronomio 24:1,3 (LXX ) at NT, Mateo 5:31; 19:7; Marcos 10:4; I taga-Corinto 7:11
5. alisin ang utang, Mateo 18:24
6. ipakita ang hindi pag-aaruga sa pamamagitan ng pag-iwan, Mateo 4:20; 22:27; Juan 4:28; 16:32
7. ipakita ang pag-aaruga sa pamamagitan ng hindi pag-iwan, Juan 8:29; 14:18
8. bigyan ng pahintulot o permiso, Mateo 13:30; 19:14; Marcos 14:6; Lucas 13:8

Sa isang teolohikong pakahulugan ang PANDIWA ay mayroon ding malawak na pagkakagamit:

1. bawiin, patawarin, ipadala ang pagiging makasalanan, Exodo 32:32 (LXX); Bilang 14:19; Job 42:10 at NT, Mateo 6:12,14-15; Marcos 11:25-26
2. pagpigil mula sa kasalanan, II Timoteo 2:19
3. kalimutan ang paglayo mula sa
   a. Kautusan, Mateo 23:23; Gawa 21:21
   b. Pananampalataya, Ezekiel 20:8 (LXX ); Lucas 8:13; II taga-Thesalonica 2:3; I Timoteo 4:1; Hebreo 2:13

Ang makabagong mga mananampalataya ay nagtatanong ng maraming teolohikong katanungan sa mga manunulat sa NT na hindi kailanman nila naisip. Ang isa dito ay maiuugnay sa makabagong pagkahilig na ihiwalay ang pananampalataya mula sa katapatan.

May mga tao sa Bibliya na may pakikipag-ugnayan sa bayan ng Diyos at may ilang bagay ang nangyari.

A. Lumang Tipan
   1. Silang nakarinig ng ulat ng labingdalawang (sampu) espiya, Bilang 14 (cf. Hebreo 3:16-19)

2. Korah, Bilang 16
3. Mga anak ni Eli, I Samuel 2, 4
4. Si Saul, I Samuel 11-31
5. Mga Bulaang Propeta (mga halimbawa)
    a. Deuteronomio 13:1-5 18:19-22 (mga paraan upang makilala ang isang bulaang propreta)
    b. Jeremias 28
    c. Ezekiel 13:1-7
6. Mga Bulaang Propeta (babae)
    a. Ezekiel 13:17
    b. Nehemias 6:14
7. Mga Masasamang Pinuno ng Israel (mga halimbawa)
    a. Jeremias 5:30-31; 8:1-2; 23:1-4
    b. Ezekiel 22:23-31
    c. Mikas 3:5-12

B. Bagong Tipan

1. Ang Griyegong salitang ito sa literal, ay *lubusang pagtalikod.* Ang Luma at Bagong Tipan ay kapwa pinapatunayan ang isang pagtindi ng kasamaan at bulaang mga turo bago ang Pangalawang Pagdating (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22; Gawa 20:29,30; II taga-Thesalonica 2:9-12; II Timoteo 4:4). Ang Griyegong salitang ito ay maaaring maglarawan ng mga salita ni Hesus sa Parabula ng mga Lupa na matatagpuan sa Mateo 13; Marcos 4; at Lucas 8. Ang mga bulaang mangangaral na ito ay maliwanag na hindi mga Kristiyano, ngunit sila ay nanggaling sa loob (cf. Gawa 20:29-30; I Juan 2:19); gayunman, sila ay may kakayahan na maakit at mabihag ang mga di-malagong mga mananampalataya (cf. Hebreo 3:12).

    Ang teolohikong katanungan ay kung ang mga bulaang mangangaral ay naging mga mananampalataya? Ito ay mahirap na sagutin dahil sila ay mga bulaang mangangaral sa mga lokal na iglesiya (cf. I Juan 2:18-19). Kadalasang ang ating teolohikong o denominasyonal na mga tradisyon ang sumasagot sa katangungang ito na walang partikular na sangunian sa mga teksto ng Bibliya (maliban sa paraan ng patunay na teksto na sumisipi ng isang talata na labas sa konteksto sa inaakalang patunay ng isang pagkatig).
2. Tila may pananampalataya
    a. Si Judas, Juan 17:12
    b. Si Simon Magnus, Gawa 8
    c. Silang nabanggit sa Mateo 7:13-23
    d. Silang nabanggit sa Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8
    e. Ang mga Hudyo sa Juan 8:31-59
    f. Sina lexander at Hymenaeus, I Timoteo 1:19-20
    g. Silang nasa I Timoteo 6:21
    h. Sina Hymenaeus at Philetus, II Timoteo 2:16-18
    i. Si Demas, II Timoteo 4:10
    j. Mga bulaang guro, II Pedro 2:19-22; Judas vv. 12-19
    k. Mga antikristo, I Juan 2:18-19
3. Walang bungang pananampalataya
    a. I taga-Corinto 3:10-15
    b. II Pedro 1:8-11

Madalang nating maisip ang patungkol sa mga teksto dahil ating sistematikong teolohiya (Calvinismo, Arminianismo, atbp.) ang nag-aatas ng mandatong pagtugon. Huwag niyo akong

paunang husgahan dahil aking tatalakayin ko ang paksang ito. Ang aking pag-aalala ay ang tamang hemenyutikong pamamaraan. Kailangan nating hayaang magsalita ang Bibliya sa atin at hindi sumubok na ihugis ito sa isang nakasanayang teolohiya. Ito ay madalas na nakakasakit at nakakagulat dahil ang higit sa ating teolohiya ay pang-demoninasyunal, pang-kultura o pang-ugnayan (magulang, kaibigan, pastor), hindi biblikal. Ang ilang kabilang sa Tao ng Diyos ay lumalabas na hindi dapat kabilang sa Tao ng Diyos (e.g., taga-Roma 9:6).

**26:8** Ang paglalarawang ito ay tumutukoy sa tabernakulo ng ilang (cf. Exodo 25-31, 36-40), ngunit kinalaunan, ito ay tumutukoy sa templo sa Herusalem sa Bundok Moria. Ito ay kung saan si YHWH ay nanananaan sa mga tao (i.e., sa pagitan ng mga pakpak ng *Cherubim* ibabaw ng arko ng kasunduan sa Banal na Dako). Ang mga matapat na tagasunod na nananabik sa presensiya ni YHWH(cf. Awit 23:6; 27:4-5).

Talata 6 ay tumutukoy din sa tabernakulo/templo (cf. Awit 24:3-4).

**26:11** Kahit na ang salmista ay naniniwala na siya ay walang kasalanan, nalalaman niya na si YHWH ay dalisay at banal at ang lahat ng mga tao ay hindi (cf. Isaias 53:6; taga-Roma 1:18-3:18). Ang mas lalong mapalapit sa pakikipag-ugnayan kay YHWH, mas higit ang kamalayan sa personal na kasalanan (i.e., pagkaligta at paggawa) ay naging isang katotohanan. Ang Awit 19:11-14 ay ipinapahayag katotohanang ito nang mahusay.

**26:11b** Dahil sa mga bagay na ito, kanyang hiniling kay YHWH na

1. tubusin siya – BDB 804, KB 911, *Qal* PAUTOS, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 19:14
2. mahabag sa kaniya – BDB 335, KB 334, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 25:16

Naniniwala siya na si YHWH ay magpapawalang-sala sa kaniya pagkatapos ay pagpapalain siya ni YHWH

1. na may mga awit, Awit 26:7
2. na may patotoo, 26:7
3. na may pagpapala, 26:12 (BDB 138, KB 159, *Piel* DI-GANAP)

**26:12 "mga kapisanan"** Ang MT ay PANGMARAMIHAN ngunit ito ay maaaring isang halimbawa ng PANGMARAMIHAN NG PAGKAMAHARLIKA. Ang NRSV, TEV, REB ay mayroong ang PANG-ISAHAN. Ang NET Bible na ginawang PANGMARAMIHAN ay tumutukoy sa "mga mananamba" (cf. Knox na salin). Ang PANGMARAMIHANG anyo ay makikita lamang dito sa Awit 68:26.

▣ **"pupurihin ko ang PANGINOON"** Ito tumutukoy sa pang-madlang pagpapatibay ng pananampalataya, pagtitiwala, pag-asa, at pagkamatapat kay YHWH (cf. taga-Roma 10:9-13), maaaring sa isang pagsambang setting.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano sinusubok ni YHWH ang isipan at puso?
2. Ipinapahiwatig ba ng talata 6 na isang saserdote ang may-akda?
3. Bigyang-kahulugan ang salitang “mga gawa” (v. 7).
4. Ipaliwanag talata 12a sa iyong sariling mga salita.

# AWIT 27

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Awit ng Walang Takot na Pagtitiwala sa Diyos | Isang Lubhang Masayang Pagpapayahag ng Pananampalataya | Isang Gawa ng Kabanalan at Panalangin para sa Pagpapalaya (Awit ng Pagtitiwala) | Isang Panalangin ng Papupuri | Sa Piling ng Diyos ay walang pagkatakot |
| Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David. | | | | |
| 27:1-3 | 27:1-3 | 27:1 | 27:1 | 27:1 |
| | | 27:2 | 27:2-3 | 27:2 |
| | | 27:3 | | 27:3 |
| 27:4-6 | 27:4-5 | 27:4 | 27:4-6 | 27:4 |
| | | 27:5 | | 27:5 |
| | 27:6 | 27:6 | | 27:6<br>27:6c |
| 27:7-10 | 27:7-10 | 27:7-9a | 27:7-9a | 27:7-9a |
| | | 27:9b-10 | 27:9b-10 | 27:9b-10 |
| 27:11-14 | 27:11-13 | 27:11-12 | 27:11-12 | 27:11-12 |
| | | 27:13-14 | 27:13-14 | 27:13-14 |
| | 27:14 | | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL

A. Ang paksa mula sa Awit 26:8,12; Awit 27:4; sa Awit 28:2 sa pagiging nasa bahay ng Diyos (i.e., tabernakulo o templo) ay maaaring ang dahilan kung bakit inilagay na magkakasama ang Awit. Sa isang kaunawaan, ang Awit 27 ay nagpapatuloy at tinutupad ang "pagtitiwala sa PANGINOON, na walang bulay-bulay" na paksa ng Awit 26:1.

B. Ang salmong ito ay mayroong napakagandang pagtutulad (paralelismo).

C. Walang nakakaalam nang may katiyakan sa saligang pamamaraan o ang (mga) taong nasasangkot sa pagbabalangkas ng Salmo gaya ng nalalaman natin. (at para sa bagya na ito, ang buong OT). Ito ay isang pananampalatayang pagpapalagay na ang Espiritu naggabay sa proseso ng patnugutan at pagtitipon, na gaya ng Kanyang ginawa sa pagsulat ng Banal na Kasulatan.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:1-3**
**1 Ang PANGINOON ay aking liwanag, at aking kaligtasan;**
**kanino ako matatakot?**
**Ang Panginoon, ay katibayan ng aking buhay;**
**kanino ako masisindak?**
**2 Nang dumating sa akin ang mga manggagawa ng kasamaan upang kanin ang aking laman,**
**ang aking mga kaaway at aking mga kaalit, sila'y nangatisod at nangarapa.**
**3 Bagaman ang isang hukbo ay humantong laban sa akin,**
**hindi matatakot ang aking puso;**
**bagaman magbangon ang pagdidigma laban sa akin,**
**gayon ma'y titiwala rin ako.**

**27:1-3** Ang salmong ito ay nagpapakilala kay YHWH alinsunod sa salmista.

1. liwanag – BDB 21, i.e., ito ay maaaring tumutukoy sa:
   a. pagtuturo – Kawikaan 6:23
   b. patnubay – Awit 43:3
   c. presensya ni YHWH – Awit 4:6; 44:3; 89:15
   d. buhay at katatagan – Job 33:28; Awit 36:10; Mikas 7:8, tingnan ang *UBS Handbook* p. 261

   Ang konsepto ng "liwanag" ay isang makapangyarihang larawan sa sinaunang mundo. Ang kadiliman ay kinakatakutan ngunit liwanag ay isang pagpapala. Ang paglalarawan ng Diyos bilang liwanag ay may maraming pakahulugan (cf. Isaias 60:1,19-20; Mikas 7:8; at Juan 8:12).
2. kaligtasan – BDB 447, ito ay maaaring tumutukoy sa
   a. pagiging ligtas – Awit 12:6; Job 5:4,11
   b. pagsagip – Awit 50:23; 69:14; 85:7,9
   c. bato ng. . . – Awit 95:1
   d. sungay ng. . . – Awit 18:3
3. kanlungan – BDB 731 (i.e., lugar ng kaligtasan, cf. Awit 28:8; 31:2-3; 37:39-40; 2 Samuel 22:31-32)

Walang PANDIWA sa talata 1, mga linyang 1 at 3. Ang ibang MGA PANDIWA ay MGA DI-GANAP (tulad ng v. 3) na nagpapahayag ng nagpapatuloy na pagkilos. Pansinin ang pagkakaiba sa kalagayan ng mga manggagawa ng kasamaan/mga nagpapahirap/mga kaaway sa talata 2. Ang kanilang kalagayan (MGA

GANAP) ay nakatakda. Sila ay natisod at nalugmok. Ang DI-GANAP NA MGA PANDIWA ay nagpapatuloy sa talata 3. Ang buhay ay mayroong mga pagsubok, mga suliraning, mga pangyayari, ngunit ang Diyos ay palaging nasa atin at para sa atin!

Ano ang gagawin ng matapat na mga tagasunod sa liwanag ng mga karanasan sa buhay sa isang nalugmok na mundo?

1. huwag matakot, vv. 1,3 (BDB 431, KB 432, *Qal* MGA DI-GANAP)
2. huwag masindak, v. 1 (BDB 808, KB 922, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 118:6; taga-Roma 8:31)
3. magtiwala, v. 3 (BDB 105, KB 120, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI)

Ang tunay na pananampalataya ay isang personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos, isang bagong pangmundong pananaw, isang bagong pamumuhay (cf. taga-Roma 8:31-39)! Ang lahat ng ito ay maaari dahil sa katangian at kapahayagan ng Diyos. Siya ay kasama at para sa atin at nagnanais ng isang pang-araw-araw na personal na pakikipag-ugnayan kasama natin, kahit na sa isang nalugmok na mundo kasama ang mga makasalanang tao!!

**27:2** Pansinin ang iba't-ibang mga salitang ginamit upang ilarawan ang mga kaaway.

1. mga manggagawa ng kasamaan, v. 2 – BDB 949, KB 1269, *Hiphil* PANDIWARI
2. mga kaaway, vv. 2,12 – BDB 865 III
3. mga kaalit, vv. 2,6 – BDB 33, KB 38, *Qal* PANDIWARI

Sila ay sinasabing "natisod" at "nalugmok" (cf. Jeremias 50:32). Kapwa ay *Qal* MGA GANAP. Ang kanilang kahahantungan at kahatulan ay nakita bilang nangyari na! Ang kanilang kahatulan ay tiyak!

▣ **"upang kanin ang aking laman"** Ang TEV ay mayroong "patayin ako" at ito ay ang kahulugan ng wikain (cf. Awit 14:4). Ito ay maaaring magpahiwatig ng gawain ng mga manggagawa ng kasamaan tulad ng mabangis na hayop!

Ang RSV ay iniisip na ito ay nangangahulugang "manirang-puri" (i.e., "paninirang-puri," ay batay sa Daniel 3:8), ngunit ang NRSV ay gumagamit ng isang mas literal na salin.

**27:3** Ang talatang ay matibay na nagpapahiwatig na ang salmista ay isang hari. Ang konteksto ng Awit 1-41 iminumungkahi na ito ay si David.

Pansinin ang paglalaro ng salita sa pagitan ng "hukbo" (מחנה, BDB 334) at "magkampo" (חנה, BDB 333). Ang mga uring ito ng paglalaro ng tunog ay kadalasang makikita sa Hebreong panulaan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:4-6**

**4 Isang bagay ang hiningi ko sa PANGINOON, na aking hahanapin:**
**na ako'y makatahan sa bahay ng PANGINOON,**
**lahat ng mga kaarawan ng aking buhay,**
**upang malasin ang kagandahan ng PANGINOON**
**at magusisa sa kaniyang templo.**
**5 Sapagka't sa kaarawan ng kabagabagan**
**ay iingatan niya ako na lihim sa kaniyang tabernakulo;**
**sa kublihan ng kaniyang tabernakulo ay ikukubli niya ako;**
**Kaniyang itataas ako sa ibabaw ng isang malaking bato.**
**6 At ngayo'y matataas ang aking ulo sa aking mga kaaway sa palibot ko,**
**at ako'y maghahandog sa kaniyang tabernakulo ng mga hain ng kagalakan;**
**ako'y aawit, oo, ako'y aawit ng mga pagpuri sa PANGINOON.**

**27:4-6** Ang salmista ay nagtala isang kalipunan ng mga kahilingan sa panalangin. Pansinin ang magkaagapay ng GANAP NA at DI-GANAP MGA PANDIWA.

1. "ang hiningi ko" – BDB 981, K 1371, *Qal* GANAP NA nagpapakilala isang natapos na pagkilos

2. “ako ay makatahan” – BDB 134, KB 152, *Piel* DI-GANAP nagpapakilala isang masidhing nagpapatuloy na panalanging buhay

Sa pagpapaliwanag ng mga awit, dapat nating tandaan na ang mga kahilingan ay may dalawang tungkulin.

1. sila ay nagpapakilala ng puso at kaisipan (i.e., bagong pangmundong pananaw, cf. Ezekiel 36:22-38) ng isang matapat na tagasunod
2. kanilang pinag-iiba at malinaw na inihahayag ang puso at isipan ng bulaang mga tagasunod

Silang sumasalungat sa mga pinuno ng Diyos ay sumasalungat sa Diyos! Ito ay hindi paghihiganti na hinahangad, ngunit katarungan at ang kapahayagan ng katangian ni YHWH!

**27:4** Pansinin ang mga mataimtim na kahilingan.

1. ako'y makatahan (*Qal* PAWATAS NA KAYARIAN) sa bahay ng PANGINOON, lahat ng mga kaarawan ng aking buhay (cf. Awit 23:6)
2. malasin (*Qal* PAWATAS NA KAYARIAN, kadalasang ginamit ng mga pangitain ng propeta, BDB 302) ang kagandahan (tingnan ang tala sa ibaba) ng PANGINOON
3. ako’y magusisa (*Piel* PAWATAS NA KAYARIAN) sa Kanyang templo

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV, JPSOA, REB** | **“kagandahan”** |
| **NASB Margin** | **“kaluguran”** |
| **LXX** | **“pagkawili-wili”** |
| **TEV** | **“kabutihan”** |
| **NJB** | **“katamisan”** |

Ang Hebreong salitang (BDB 653) sa panimula ay nangangahulugang “kalugud-lugod,” “kagiliw-giliw.” Ang PANGNGALAN ay karamihang ginagamit sa Kawikaan at inilalarawan ang maraming iba’t-ibang mga bagay. Sa konteksto ng templo, ito ay maaaring nagpapakilala isang pagpapakita ng Diyos o ang kabilang-buhay. Ito ay maaaring kaagapay sa “kabutihan” (BDB 375) sa talata 13, na nagpapakilala din ng isang lubos na kalalagayan sa Diyos.

Ito ang halimbawa sa paggamit ng terminong ito sa Kawikaan.

1. PANGNGALAN – Kawikaan 3:17; 15:26; 16:21
2. PANG-URI – Kawikaan 22:18; 23:8; 24:4
3. PANDIWA – Kawikaan 2:10; 9:17; 24:25

**27:5** Ang mga bunga ng kanyang mga panalangin ay:

1. Si YHWH ang mag-iingat (BDB 860, KB 1049, *Qal* DI-GANAP) sa kaniya sa Kanyang tabernakulo (cf. Awit 76:2) sa kanyang kaarawan ng kabagabagan.
2. Si YHWH ang magkukubli (BDB 711, KB 771, *Hiphil* DI-GANAP) sa kaniya sa kubling lugar ng Kanyang tabernakulo.
3. YHWH ang magtataas sa kaniya (BDB 926, KB 1202, *Polel* DI-GANAP) sa isang malaking bato (i.e., YHWH, ang Kanyang sarili).

▣ Ako ay nagtataka kung ang mga Hudyo ng sinauna ay sinipi talatang ito bago

1. bumagsak ang templo sa Babilonya, Ehipto, Bagong Babilonya
2. sinuway ni Antiochus IV Epiphanes (175-164 B.C.) ang templo
3. sinakop ng Roma ang templo sa ilalim ni Tito (A.D. 70)

Dapat nating matandaan na ang mga biblikal na pangako ay mayroon lamang bisa

1. sa matapat na mga tagasunod
2. sa liwanag ng mas malaking layunin ng Diyos sa kasaysayan

**27:6** Dahil si YHWH ay tumugod sa isang kahanga-hangang paraan sa mga panalangin ng salmista (i.e., "ang aking ulo sa aking mga kaaway sa palibot ko")

1. siya ay maghahandog ng mga pag-aalay ng kagalakan (lit. "mga pag-aalay ng mga sigaw ng kaligayahan"; ang mga talata na tulad nito ay isang pasalitang paghahandog na ginamit ng mga Hudyo pagkatapos ng pagkawasak ng kanilang templo upang tularan ang taunang mga pag-aalay na hindi na maaari)
2. siya ay aawit ng pagpuri kay YHWH

Mayroong tatlong PANG-PANGKAT MGA PANDIWA sa talatang ito. Ang salmista ay naniniwala na siya ay tatahan sa presensya ni YHWH (i.e., ang templo).

1. Ako ay maghahandog ng hain – BDB 256, KB 261, *Qal*
2. Ako ay aawit – BDB 1010, KB 1479, *Qal*
3. Ako ay magpupuri – BDB 274, KB 273, *Piel*

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:7-10**
**7 Dinggin mo, Oh PANGINOON, pagka ako'y sumisigaw ng aking tinig,**
**maawa ka rin sa akin, at sagutin mo ako.**
**8 *Nang iyong sabihin,* hanapin ninyo ang aking mukha; ang aking puso ay nagsabi sa iyo,**
**"ang iyong mukha, PANGINOON, ay hahanapin ko."**
**9 Huwag mong ikubli ang iyong mukha sa akin,**
**huwag mong ihiwalay ang iyong lingkod ng dahil sa galit;**
**ikaw ay naging aking saklolo;**
**huwag mo akong itakuwil, o pabayaan man,**
**Oh Diyos ng aking kaligtasan!**
**10 Bagaman pabayaan ako ng aking ama at ng aking ina,**
**gayon ma'y dadamputin ako ng PANGINOON.**

**27:7-10** Kadalasan sa Awit ay inihihiwalay ang mga istropa na umuulit sa pagbibigay-diin o paksa ng nakalipas na istropa. Ito ay maipapaliwanag bilang

1. ibang antas ng may pakay na pagtutulad (paralelismo)
2. ang mga proseso ng pagpapatnugot sa
   a. mga salita
   b. mga paksa
   c. mga saloobin
   d. mga pagkilos

na katulad sa tunog, kahulugan, o teolohiya ay pinagsasama-sama by mga nahuling patnugot/tagatipon.

**27:7 "Dinggin. . .sumisigaw"** Ang una ay isang *Qal* PAUTOS (BDB 1033, KB 1570), lubhang karaniwang sa Awit bilang isang paraan ng pagsamo sa Diyos. Ang pangalawa PANDIWA, "pagsigaw" (BDB 894, KB 1128, *Qal* DI-GANAP), nagpapakilala din panalangin. Ang talatang ito inuulit ang pagtuon ng talata 4.

Ang konteksto ng panalangin kahilingan ay

1. kahabagan siya – BDB 335, KB 334, *Qal* PAUTOS
2. tugunin siya – BDB 772, KB 851, *Qal* PAUTOS

**27:8** Pansinin na ang NASB at NKJV ay mayroong isang panimulang pariralang na nakahilis (i.e., "Nang iyong sabihin"), na nagpapakilala na ito ay hindi bahagi ng Hebreong teksto. Ang NRSV at NJB na mga salin ay ipinagpapalagay na ang nagsasalita ay ang salmista.

Ang PANDIWANG "hanapin" (BDB 134, KB 152) ay inulit

1. unang isang panimula *Qal* PAUTOS (PANGMARAMIHAN)

2. pangalawang *Piel* DI-GANAP (PANG-ISAHAN, ang panimulang PANDIWA ng v. 8 ay PANG-ISAHAN)

Ang mga ito ay tila nagpapakilala ng isang pag-uusap sa pagitan ni YHWH at ng salmista. Ang isa ay tumatawag at ang iba ay may naraapat na pagtugon. Ang PANDIWANG "hanapin" ay nagpapakilala ng isang pagtawag sa isang personal na pakikipag-ugnayan (cf. Awit 24:6; Deuteronomio 4:29), na nagpapakilala ng pagsamba at pagsunod. Sa Awit na ito, dahil sa pagbibigay-diin sa panalangin, ito ay maaaring magkaagapay sa vv. 4 at 7.

▣ **"mukha"** Ito ay isang Hebreong wikain para napalapit na personal na ugnayan (cf. Awit 24:6), kung saan ang kapwa ay "naghahanap" at "mukha" ay magkasama.

**27:9** Mayroong isang kalipunan ng PANGKAUTUSANG MGA PANDIWA na nagpapakilala ng mga bagay na hinihingi ng salmista na hindi gagawin ni YHWH.

1. Huwag mong ikubli ang iyong mukha sa akin – BDB 711, KB 771, *Hiphil* PANGKAUTUSAN, cf. Awit 69:17; 102:2; 143:7
2. huwag mong ihiwalay ang iyong lingkod ng dahil sa galit – BDB 639, KB 692, *Hiphil* PANGKAUTUSAN
3. huwag mo akong pabayaan – BDB 643, KB 693, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan, cf. Awit 94:14, maliban na sila ay huminto na maging matapat na mga tagasunod (cf. Jeremias 12:7)
4. huwag mo akong itakuwil – BDB 736, KB 806, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan

Pansinin ang personal na elemento na nakapaloob sa lahat ng mga kahilingang ito!

**27:10**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Bagaman"** |
| **NKJV** | **"kapag"** |
| **NRSV** | **"kung"** |
| **TEV** | **"maaari"** |
| **NJB, JPSOA, REB** | **"gayunman"** |
| **NET Bible** | **"kahit na"** |

Ang panimulang PANGATNIG (BDB 471-475) ay may isang malawak na semantikong gamit. Tanging ang konteksto ang makakapagpasiya ng kahulugan. Maliwanag sa konteksto, na hindi nito pinapahintulot ang isang maliwanag na salin.

▣ **"pabayaan ako ng aking ama at ng aking ina"** Ito ay ang katulad na PANDIWA na ginamit sa 27:9. Bagaman ang salin ng pariralang ito ay di-tiyak, ang kahulugan ay maliwanag. Maaaring lumisan ang mga pinakamalapit na kasamaan o pamilya ng isang tao, ngunit ang pangkasunduang Diyos hindi ka iiwan (cf. Deuteronomio 31:6; Josue 1:5; Isaias 49:15; Hebreo 13:5)!

Ang UBS *Handbook* (p. 266) ay binanggit na ang TEV, NEB, JB tinanganan ang talata bilang pagpapahayag ng isang panteoriyang posibilidad upang gumawa ng isang malakas na pampanitikang punto, hindi isang tunay na pagpapabaya.

Ang isa ay namamangha kung ito ay maaaring magpakilalal ng pangako ni YHWH kay David at kanyang mga supling sa 2 Samuel 7. Maaaring ang talata 13 ay nauugnay sa 2 Samuel 7:28.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:11-14**

**11 Ituro mo sa akin ang iyong daan, Oh PANGINOON,**
**at patnubayan mo ako sa patag na landas**
**dahil sa aking mga kaaway.**

> [12]**Huwag mo akong ibigay sa kalooban ng aking mga kaaway,**
> **sapagka't mga sinungaling na saksi ay nagsibangon laban sa akin,**
> **at ang nagsisihinga ng kabagsikan.**
> [13]***Ako sana'y nanglupaypay* kundi ko pinaniwalaang makita ang kabutihan ng Panginoon**
> **Sa lupain ng may buhay.**
> [14]**Magantay ka sa PANGINOON;**
> **ikaw ay magpakalakas, at magdalang tapang ang iyong puso;**
> **Oo, umasa ka sa PANGINOON.**

**27:11-14** Ang istropang ito ay nagsimula sa mas maramig kahilingan sa panalangin (v. 11-12), lumipat sa isang patotoo ng pananampalataya (v. 13), at nagwakas sa mabuting payo (v. 14).

**27:11-12** Ang mga kahilingan sa panalangin ay
1. Ituro mo sa akin ang iyong daan – BDB 434, KB 436, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 25:4-5; 86:11
2. patnubayan mo ako sa patag na landas – BDB 634, KB 685, *Qal* PAUTOS, cf. Deuteronomio 5:32-33; 31:29; Awit 5:8; 26:12; 139:24; ito ay ang kaligiran sa OT para sa iglesiya na tinawag na "Ang Daan," cf. Mga Gawa 9:2; 18:25; 19:9,23; 22:4; 24:14,22; Juan 14:6
3. Huwag mo akong ibigay sa kalooban ng aking mga kaaway – BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan

Ang salmista ay nagbibigay dalawang kadahilanan para sa kanyang mga panalangin sa istropang ito.
1. dahil ng aking mga kaaway (lit. "those who lie sa wait para sa me"), v. 11
2. mga sinungaling na saksi ay nagsibangon laban sa akin, v. 12

**27:13** Ang talatang ito ay ipinapahayag ang pananampalataya ng salmista ("nanampalataya" – BDB 52, KB 63, *Hiphil* GANAP) at pangmundong pananaw. Siya ay nananampalatayang may
1. katarungan sa buhay na ito dahil sa katangian ni YHWH
2. isang panghinaharap na buhay kasama si YHWH sa lupain ng mga nabubuhay (cf. Job 14:7-12,13-14; 19:25-27; Awit 16:10; 49:15; 73:24; 116:8-9; 142:5; Isaias 25:8; 26:19; 38:11)

**27:14** Sa liwanag ng pananampalataya at pangmundong pananaw ng salmista, siya ay nagbabala sa iba na
1. Magantay ka sa PANGINOON – BDB 875, KB 1082, *Piel* PAUTOS, cf. Awit 25:3; 37:34; 40:1; 62:1,5; 130:5; Kawikaan 20:22; Isaias 8:17; 25:9; 33:2
2. ikaw ay magpakalakas – BDB 304, KB 302, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 31:24
3. magdalang tapang ang iyong puso – BDB 54, KB 65, *Hiphil* PANGKAUTUSANG
4. umasa ka sa PANGINOON – BDB tulad ng #1

Ang ilang mga iskolar (cf. NIDOTTE, tomo 1, p. 439) ay nakita ang talata 14 bilang
1. pagpapaalala sa sarili (ang salmista)
2. isang pangsaserdoteng mensahe na pinagkaloob sa templo

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong ang "pagkatakot" ang susi salita sa unang stropa?
2. Ang talata 2 sa Awit 23:6 ay magkatulad, ano ang ipinapahiwatig ng larawang ito?
3. Ang talata 4-6 ba ay tungkol sa tabernakulo o ang templo?
4. Bakit nakakabagabag ang talata 9? Iniwan na ba ng pangkasunduang Diyos ang Kanyang mga tagasunod?
5. Ano ang ibig-sabihin ng talata 10? Ito ba ay literal o matalinghaga?

# AWIT 28

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Panalangin para sa Paghingi ng Tulong, at Pagpuri sa Kasagutan Nito | Kagalakan sa Tinugong Panalangin | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa Personal na mga Kaaway (Isang Panaghoy) | Isang Panalangin para sa Paghingi ng Tulong | Pakiusap at Pasasalamat |
| Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David. | | | | |
| 28:1-5 | 28:1-2 | 28:1-2 | 28:1-3 | 28:1 |
| | | | | 28:2 |
| | | | | 28:3 |
| | 28:3-5 | 28:3-5 | 28:4-5 | 28:4 |
| | | | | 28:5 |
| 28:6-9 | 28:6-7 | 28:6-7 | 28:6-7 | 28:6 |
| | | | | 28:7 |
| | 28:8-9 | 28:8-9 | 28:8-9 | 28:8-9 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 28:1-5**
**1 Sa iyo, Oh PANGINOON, tatawag ako;**
**bato ko, huwag kang magpakabingi sa akin,**
**baka kung ikaw ay tumahimik sa akin,**

**ako'y maging gaya nila na bumaba sa hukay.**
**2 Dinggin mo ang tinig ng aking mga pananaing, pagka ako'y dumadaing sa iyo,**
**pagka aking iginagawad ang aking mga kamay sa dako ng banal na sanggunian sa iyo.**
**3 Huwag mo akong agawin na kasama ng mga masama,**
**at ng mga manggagawa ng kasamaan,**
**na nangagsasalita ng kapayapaan sa kanilang mga kapuwa,**
**Nguni't kasamaan ay nasa kanilang mga puso.**
**4 Bigyan mo sila ng ayon sa kanilang gawa, at ng ayon sa kasamaan ng kanilang mga gawain;**
**gantihin mo sila ng ayon sa kilos ng kanilang mga kamay;**
**Bayaran mo sila ng ukol sa kanila.**
**5 Sapagka't ayaw nilang pakundanganan ang mga gawa ng PANGINOON**
**ni ang kilos man ng kaniyang mga kamay,**
**kaniyang ibababagsak sila, at hindi sila itatayo.**

**28:1-5** Mayroong ilang di-pagkakasundo sa kung paaano hahatiin ang mga istropa sa Awit na ito (tingnan ang harapang pahina ng kabanatang ito). Ang NASB ay mayroong vv. 1-5, 6-9, kaya ito ang gagamitin ko. Ang unang istropa ay isang pagdaing at ang pangalawang salmo ay pasasalamat.

Ang salmista ay nananalangin upang
1. pakinggan ni YHWH ang kanyang mga dalangin
2. Huwag agawin ni YHWH na kasama ng mga masama

Sa talata 4 siya ay gumagamit ng tatlong MGA PAUTOS upang ilarawan ang gaagawin ng Diyos sa masasama.
1. Bigyan mo sila (BDB 678, KB 733, *Qal* PAUTOS) ng ayon sa kanilang gawa (cf. Job 34:11; Awit 62:12; Kawikaan 24:12; Ecclesiastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; taga-Roma 2:6; 14:12; 1 taga-Corinto 3:8; 2 taga-Corinto 5:10; taga-Galacia 6:7-10; 2 Timoteo 4:14; 1 Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12)
2. bigyan mo sila ng ayon sa kasamaan ng kanilang mga gawain (PANDIWA ay ipinagpalagay mula sa #1)
3. gantihin mo sila ng kanilang mga kamay (katulad na PANDIWA sa #1) ng ayon sa kilos ng kanilang mga kamay (lit. “pagkilos ng kanilang mga kamay”)
4. Bayaran (BDB 996, KB 1427, *Hiphil* PAUTOS) mo sila ng ukol sa kanila (lit. “mga pakikitungo,” BDB 168)

**28:1 “bato ko”** Ang paglalarawang ito ay nagpapakilala ng pananatili, kalakasan, katatagan, pagkalinga (tingnan ang buong tala sa sa Awit 18:2).

▣ **“huwag…”** Ang mga ito ay dalawang MGA DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan.
1. makinig – huwag magpakabingi, BDB 361 II, cf. Awit 35:22; 39:12; 83:1; 109:1 (magkaagapay sa “tahimik,” BDB 364)
2. v. 2 – Huwag mo akong agawin, BDB 604 (i.e., maaaring katulad ng isang hayop o isang bilanggo ng digmaan)

▣ **“sa hukay”** Ang termino (BDB 92, cf. Awit 88:4; 143:7; Kawikaan 28:17) ay isang kasingkahulugan para sa *Sheol*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay? sa Awit 1:5. Ito ay maaaring nauugnay sa
1. isang libingang lupa (cf. Isaias 14:9; Ezekiel 32:25)
2. isang butas sa burol para sa lilibingan
3. isang lagusan na patungo sa *Sheol* (cf. Awit 30:4; Kawikaan 1:12; Isaias 14:15; 38:18; Ezekiel 26:20)

**28:2 "pagka aking iginagawad ang aking mga kamay sa dako ng banal na sanggunian sa iyo"**
Ang pagkilos na ito ay mayroong maraming kahulugan.

1. isang pagkilos ng pagpapala pagkatapos ng pag-aalay ng isang saserdote – Levitico 9:22 (i.e., ilang mga pag-aalay ay nagtataas kay YHWH)
2. isang pagkilos sa bahagi ng isang mananamba pagkatapos ng pag-aalay ng insenso – Awit 141:2
3. isang pagkilos patungo sa dambana – Awit 134:2
4. isang pagkilos ng panalangin, na nakataas ang mga kamay, cf. Exodo 9:29 (Moises); 1 Hari 8:22 (Solomon); Panaghoy 2:19; 3:41 (Israel); Lucas 24:50 (Hesus); 1 Timoteo 2:8 (mga mananampalataya)
5. isang tindig para sa pagpuri, pagsamba, o pangmadlang pagpapahayag na pananampalataya – Awit 63:4
6. isang paraan upang ipakita ang kapangyarihan ni YHWH habang ang Kanyang tungkod ay itinataas sa kamay ni Moises (cf. Exodo 17:8-12).

Dito, ito ay nangangahulugang sagisag ng isang malinis na buhay (cf. 1 Timoteo 2:8), na bukas sa Diyos at isang buhay na kumikilala ng pangangailangan nito na tumanggap mula sa Diyos (tingnan ang negatibo paggamit sa Awit 44:20).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sa dako ng banal na sanggunian sa iyo"** |
| **NASB sa gilid,** | |
| **NRSV talababa** | **"ang pinakaloob na lugar"** |
| **NJB** | **"Banal na dako"** |
| **JPSOA** | **"panloob na banal na dako"** |
| **LXX** | **"hukuman"** |
| **REB** | **"dambana"** |

Ito Hebreong termino (BDB 184 I) sa panimula ay nangangahulugang "likod na bahagi," "pinakaloob." Sa 1 Hari 6:16,19,20,21, 22,23,31; 7:49; 8:6,8 ito ay tumutukoy sa kabanal-banalang dako (cf. Exodo 26:31-35), kung saan ang arko ng kasunduan ay nakatayo sa pagitan ng mga higanteng *cherubim* ni Solomon.

Ang mga matatapat na tagasunod sa Lumang Kasunduan ay humaharap sa templo (cf. 1 Hari 8, dakilang panalangin at paghahandog ni Solomon ng Templo) kapat sila ay nananalangin dahil dito si YHWH nanananahan sa pagitan ng mga pakpak ng *cherubim*. Dito ang lugar nagtatagpo ang kalangitan at mundo. Ang arko ng kasunduan ay tungtungan ni YHWH.

Gayunman, sa Bagong Kasunduan, ang Diyos ay makikita sa lahat ng mga lugar (cf. Juan 4:20-24). Ang bagong templo ay si Hesus (cf. Juan 2:19,21)!

**28:3,5 "Sapagkat. . ."** Ang mga talatang 3 at 5 ay nagtala ng mga gawain at mga saloobin ng mga masasama (i.e., praktikal na mga ateista).

1. mga manggagawa ng kasamaan, v. 3
2. na nangagsasalita ng kapayapaan sa kanilang mga kapuwa, Nguni't kasamaan ay nasa kanilang mga puso (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 4:7)
3. ayaw nilang pakundanganan ang mga gawa ng Diyos, v. 5 (ang mga tao ng Diyos ay dapat na "pakundanganan" kung sino Siya batay sa kung ano ang Kanyang ginawa, cf. Deuteronomio 32:7; Awit 107:43; Jeremias 2:10; Osias 14:9)
4. ayaw nilang pakundanganan ang pakilos ng Diyos (magkaagapay), v. 5, cf. Isaias 5:12

**28:5** Ang huling linya ng talata 5 ay nagsasabi kung ano ang gagawin sa kanila ng Diyos (ihalintulad sa Jeremias 1:10).

1. ibabagsak sila – BDB 248, KB 256, *Qal* DI-GANAP, v. 5
2. hindi sila itatayo – BDB 124, KB 139, *Qal* DI-GANAP, tinanggihan, v. 5

Ang tatlong MGA DI-GANAP ng talata 5 ay nagpapakilala ng nagpapatuloy na mga pagkilos ng masasama. Ang kanilang buhay ay makikilala sa pagsasawalang-bahala sa Diyos at pananakit sa iba, samakatuwid, ang mga paghatol ng Diyos ay nagpapatuloy (i.e., pangmatagalang pagkawasak, cf. Isaias 6:9-10; Jeremias 1:10).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 28:6-9**

**6 Purihin ang PANGINOON,**
**sapagka't dininig niya ang tinig ng aking mga pananaing.**
**7 Ang PANGINOON ay aking kalakasan at aking kalasag;**
**ang aking puso ay tumiwala sa kaniya, at ako'y nasaklolohan;**
**kaya't ang aking puso ay nagagalak na mainam,**
**at aking pupurihin siya ng aking awit.**
**8 Ang PANGINOON ay kanilang kalakasan,**
**at siya'y kuta ng kaligtasan sa kaniyang pinahiran ng langis.**
**9 Iligtas mo ang iyong bayan, at pagpalain mo ang iyong pamana;**
**naging pastor ka rin naman nila, at alalayan mo sila magpakailan man.**

**28:6-9** Isang radikal na pagbabago sa kalagayan ang makikita sa talata 6. Ang istropang ito ay nagpapahaag ng mga dahila, kung bakit si YHWH ay dapat pagpalain (v. 6a).

1. Siya ay nakikinig sa kanyang panalangin
2. Siya ay kapwa ang kanyang kalakasan at kalasag
3. Siya ay kanyang kanlungan

Sa mga talata 8 at 9 ang pagtuon ay nagbago mula sa Hari (i.e., "Kanyang pinahiran") sa Kanyang pangkasuduang bayan. Habang iniligtas ni YHWH ang Hari, ngayon ay kanyang iligtas ang Kanyang mga tao! Ang pagkagamit na ito sa pagitan ng PANG-ISAHAN at PANGMARAMIHAN ay karaniwang sa Awit.

▣ **"Purihin ang PANGINOON"** Ito ay isang paulit-ulit paksa sa Awit. Siya ay mapalad sa pamamagitan ng Kanyang matapat na mga tagasunod dahila sa maraming mga dahilan, ngunit lahat sila ay bumabalik kung sino Siya ay at kung ano ang Kaniyang ginawa! Ang parirala ay naging isang liturhikong pormula (cf. Awit18:46; 28:6; 31:21; 41:13; 66:20; 68:35; 72:18; 89:52; 106:48; 119:12; 124:6; 135:21; 144:1). Hayaang lahat ng mayroong hininga ay magpuri sa Panginoon!

**28:7** Gaya ng mga talata 3 at 5 na naglalarawan sa masasama, ang tlata 7 ay inilalarawan ang matapat na tagasunod.

1. aking puso ay tumiwala sa kaniya – BDB 105, KB 1200, *Qal* GANAP, cf. Awit 112:7 (pansining ang teolohikong kaugnayan sa pagitan ng pantaong pagtitiwala at banal na pagpapalaya /kaligtasan, cf. Awit 22:4-5; 25:1-3; 28:7; 31:14-15; 86:2; tingnan ang tala sa NIDOTTE, tomo 1, p. 646)
2. ako'y nasaklolohan ng Diyos – BDB 740, KB 810, *Niphal* GANAP
3. ang aking puso ay nagagalak na mainam – BDB 759, KB 831, *Qal* DI-GANAP na may *waw*
4. aking pupurihin siya ng aking awit – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP (nagpapatuloy na pagpuri)

Maikli lamang na komento tungkol sa mga tala ng MT, ang LXX. Mayroong maaaring isang may sinaunang Hebreong teksto, kapwa sa likod nila. Mayroong MSS sa ang DSS sa sumusunod sa MT at ang iba ay sumusunod sa LXX. Ang naunang iglesiya ay halos tanging ginamit ang LXX. Ang talata 7 ay isang mabuting halimbawa ng kanilang pagsasalin ng iba't-ibang Hebreong teksto. Ang LXX ay mayroong (tingnan ang note sa AB, p. 173)

"Ang Panginoon ay aking tagatulong at aking tagapagtanggol; sa kaniya ang aking puso ay umaasa, At ako ay natulungan at ang aking laman ay muling nabuhay, at mula sa aking kalooban, akin siyang kikilalanin."

▣ **"kalasag"** Tingnan ang tala sa Awit 3:3.

**28:8 "kanilang"** Ang UBS Text Project ay nagbibigay "sa Kanyang mga tao" na isang "C" na antas (i.e., malaking pagduruda).

1. sa kanila –למו (NKJV, JPSOA)
2. sa Kanyang mga tao –לעמו (NRSV, TEV, NJB, REB)

Ang Septuagint ay gumagamit ng #2, gaya ng ilang Hebreong mga manuskrito. Tila ang isang Hebreong titik ay nawala sa MT.

▣ **"sa kaniyang pinahiran ng langis"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias sa Awit 2:2. Tingnan ang katulad na paggamit sa Awit 18:50.

**28:9** Mayroong isang kalipunan ng MGA PAUTOS na tumutuon sa panalangin kay YHWH, nagsusumamo sa Kaniya na kumilos sa kapakanan ng pangkasuduang bayan.

1. iligtas – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 106:47
2. pagpalain – BDB 138, KB 159, *Piel* PAUTOS
3. pastor – BDB 944, KB 1258, *Qal* PAUTOS (Ang NASB Study Bible [p. 765] ay gumawa ng puna na ang "pastol" ay mauugnay sa Awit 23 at maaaring nagmamarka sa Awit 23-28 bilang isang kalipunan ng mga awit naiugnay ng maraming karaniwang paksa)
4. alalayan (i.e., "itaas"), *Piel* PAUTOS, cf. Isaias 40:11; 63:9

Maraming mga Awit ay nagwawakas sa isang pangmaramihang pagtuon (i.e., Awit 3:8; 15:7; 25:22; 29:11; 51:18-19; 130:8).

▣ **"iyong pamana"** Siya YHWH ay nagkaloob ng pamamahagi ng lupa sa lahat ng mga bansa (cf. Deuteronomio 32:9), ngunit ang mga supling ni Abraham ay Kanyang natatanging mga taon (cf. Exodo 19:5-6; 1 Hari 8:51; Awit 33:12). Ipinakita Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang pinangakong exodo palabas ng Ehipto (cf. Genesis 15:12-21). Siya ay nagpakita ng Kanyang kapangyarihan at pag-ibig (cf. Deuteronomio 9:29). Si Moises ay nagsumamo kay YHWH na huwag hatulan ang Kanyang makasalanang mga taong dahil ang paganong mga bansa ay hindi ito mauunawaan (cf. Deuteronomio 9:26-29). Ang Kaniyang mga tao ay dapat na ihayag ang Kanyang katangian sa lahat ng mga bansa (tingnan ang Natatanging Paksa sa Panimula ng Awit 2). Ngunit kung sila ay magpapatuloy sa kasalanan at pagsamba sa diyus-diyosan, ay magkakaroon ng pagtanggi (cf. Awit 106:40; Ezekiel 36:22- 23).

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailan man sa Awit 9:5.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng

mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang pananaw ng OT sakamatayan?
2. Ang talata 4 ba ay katulad na katotohanan nang sa taga-Galacia 6:7?
3. Ang talata 5c ba ay nauugnay sa Isaias 6:9-10 o Jeremias 1:10?
4. Bakit ang mga awit na nagpapakita ng mga kaisipan at kalagayan ng isang tao ay natatapos sa pangkomunidad na MGA PAUTOS?

# AWIT 29

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Tinig ng PANGINOON sa Unos | Papuri sa Diyos sa Kanyang Kabanalan at Kamarhalikahan | Imno sa Diyos ng Unos | Ang Tinig ng PANGINOON sa Unos | Imno sa Diyos ng Unos |
| Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David. | | | | |
| | | 29:1-2 | | 29:1-2 |
| 29:1-2 | 29:1-2 | | 29:1-2 | |
| | | 29:3-4 | | 29:3-4 |
| 29:3-9 | 29:3-4 | | 29:3-4 | |
| | | 29:5-6 | | 29:5-6 |
| | 29:5-7 | | 29:5-6 | |
| | | 29:7-8 | | 29:7-9b |
| | | | 29:7-9 | |
| | 29:8-9 | | | |
| | | 29:9 | | 29:9c-11 |
| | | 29:10-11 | | |
| 29:10-11 | 29:10-11 | | 29:10-11 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isang salmo tungkol sa natural na kapahayagan (i.e., ang Diyos ay naghahayag ng Kanyang sarili sa bawat-isa sa pamamagitan ng linikha).
   1. Awit 19:1-6 (tahimik na tinig ng linikha)
   2. taga-Roma 1:19-23 (kaalaman ng Diyos mula sa kalikasan)
   3. taga-Roma 2:14-16 (panloob na saksing moral)

B. Ang paglalarawan ng salmo ay makikitang sinasaklaw ang
   1. ang pagdaig ni YHWH sa *chaos* ng panimulang linikha (i.e., tubig, cf. 29:3,10, ang terminong "baha" [BDB 550] ay makikita lamang dito at sa Genesis, mga kabanatang 6-11)
   2. ang kapangyarihan ni YHWH sa isang unos (cf. 29:3-9; cf. Awit 18:7,15)

C. Si YHWH, hindi si *Ba'al*, dumaig, nagpipigil, at nagpapadala ng tubig. Maraming mga iskolar ay tinatala ang maraming pagkakahawig sa Ugaritikong mitolohiya at iba pang ANE panitikan.

D. Ang UBS *Handbook* ay nagpapahayag na ang salmong ito ay isang *chiasm* (p. 275).
   1. makaapat na paggamit kay YHWH sa mga talata 1-2 at 10-11
   2. "kalakasan" (BDB 738) sa vv. 1 at 11
   3. mga tubig na tinutukoy sa vv. 3 at 10
   4. ang pagkamaharlika ni YHWH na tinutukoy sa vv. 4 at 10
   5. mga punong nabanggit sa vv. 5 at 9
   6. heograpikong mga lugar sa vv. 6 at 8

   Ang aking suliranin dito ay ang isang *chiasm* ay kadalasang inilalagay ang pinaka mahalagang teolohikong pahayag sa gitna ngunit ang talata 7 ay hindi umaak sa ganitong huwaran.

E. Ang Awit na ito ay maaaring tumutukoy sa
   1. isang pagpapakita habang si YHWH ay inilalarawan sa darating sa paglalarawan ng isang mabagsik na unos
   2. ngunit kahulugan ay isang panghukbong tagumpay (cf. v. 11)

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 29:1-2**
**[1]Mangagbigay kayo sa PANGINOON, Oh kayong mga anak ng makapangyarihan,**
**mangagbigay kayo sa PANGINOON ng kaluwalhatian at kalakasan.**
**[2]Ibigay ninyo sa Panginoon ang kaluwalhatiang marapat sa kaniyang pangalan;**
**inyong sambahin ang PANGINOON sa kagandahan ng kabanalan.**

**29:1-2 "Mangagbigay"** Ang PANDIWANG ito (BDB 396, KB 393, *Qal* PAUTOS) ay inulit nang tatlong beses. Ito sa panimula ay nangangahulugang "magbigay kaluwalhatian sa Diyos (cf. Deuteronomio 32:3). Ang katulad na huwaran rin ay nasa Awit 96:7-8 at 1 Cronica 16:28-29. Ang tatluhang pag-uulit ay nagpapakilala isang sukdulang pagbibigay-diin.

**29:1**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"mga anak ng makapangyarihan"** |
| **NKJV** | **"kayong makapangyarihan niya"** |
| **NRSV, TEV** | **"mga makalangit na nilalang"** |
| **NJB, LXX** | **"mga anak ng Diyos"** |
| **JPSOA** | **"banal na mga nilalang"** |
| **REB** | **"kayong may kapangyarihan ng anghel"** |

Ang MT ay mayroong "mga anak ng diyos" (lit. "mga anak ni *Elim*," BDB 119 KAYARIAN BDB 42). Ito tumutukoy sa ang mga anghel (cf. Genesis 6:2 ["mga anak ni *elohim*"]; Awit 103:20-21) o

ang konseho ng makalangit na anghel (cf. Exodo 15:11; 2 Hari 22:19; Awit 82:1; 86:6-8).
Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga anak ng Diyos sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: "ang mga anak na lalake ng Diyos" sa Genesis 6**

A. Mayroong matinding kontrobersiya patungkol sa pagkilala sa pariralang "ang mga anak na lalake ng Diyos." Mayroong naging tatlong pangunahing mga interpretasyon
   1. ang parirala ay tumutukoy sa makadiyos na lahi ni Seth (cf. Genesis 5, tignan puna sa 4:14)
   2. ang parirala ay tumutukoy sa isang grupo ng malaanghel na mga nilikha
   3. ang parirala ay tumutukoy sa mga hari o punong manunupil sa lahi ni Cain (cf. Genesis 4)

B. Katibayan para sa parirala na tumutukoy sa lahi ni Seth
   1. Ang kagyat na panitikang konteksto ng Genesis 4 at 5 ay nagpapakita ng pag-unlad ng mapanghimagsik na lahi ni Cain at ang piniling lahi ni Seth. Samakatuwid, ang kontekstwal na ebidensya ay tila pumapabor sa makadiyos na lahi ni Seth
   2. Ang mga rabi ay naghahati-hati patungkol sa pagkakaunawa sa siping ito. Ang ilan ay nagpahayag na ito ay tumutukoy kay Seth (ngunit karamihan ay sa mga anghel).
   3. Ang pangmaramihan na parirala "ang mga anak na lalake ng Diyos," bagamat na madalas na ginamit para sa mala anghel na nilalang, ay madalang na tumutukoy sa mga tao
      a. Deutronomio 14:1 – "mga anak na lalake ni YHWH ang inyong Diyos"
      b. Deutronomio 32:5 – "Kanyang mga anak na lalake"
      c. Exodo 21:6, 22:8-9 (maaaring Levitikong hukom, cf. Awit 82:1)
      d. Awit 73:15 – "Iyong mga anak"
      e. Osea 1:10 – "mga anak na lalake ng buhay na Diyos"

C. Katibayan para sa pariralang tumutukoy sa mala-anghel na nilala
   1. Ito ang naging pinaka-karaniwang tradisyonal na pagkakaunawa sa sipi. Ang mas malaking konteksto ng Genesis ay makakasuporta sa pananaw na ito na isang halimbawa sa supernatural na kasamaan na nagnanais na hadlangan ang kalooban ng Diyos para sa sangkatauhan (ang mga rabi ay nagsabi na bunga ng pagseselos)
   2. ang pangmaramihanng parirala("mga anak na lalake ng Diyos") ay ginamit ng labis labis sa OT para sa mga anghel
      a. Job 1:6
      b. Job 2:1
      c. Job 38:7
      d. Awit 29:1
      e. Awit 89:6,7
   3. ang inter-testamental na aklat ng I Enoch (cf. I Enoch 6:1-8:4; 12:4-6; 19:1-3; 21:1-10) at Jubilees (cf. Job 5:1), na napakapopular sa mga mananampalataya sa NT na yugto, kasama ng *Genesis Apocryphon* mula sa Dead Sea Scrolls, ay ininterpret ang mga ito bilang mga mapanghimagsik na mga anghel
   4. ang kagyat na konteksto ng kabanata 6 ay tila nagpapahiwatig na "ang malalakas na lalake ay yaong mga matatanda, mga kilalang lalake" nagmula sa di-nararapat na paghahalo ng mga ayos ng nilikga
   5. ang Septuagint ay isinalin ang parirala "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "mga

anghel ng Diyos"

6. I Enoch ay nagpahayag na ang pagbaha sa panahon ni Noe ay dumating upang wasakin ang malanghel/tao na paghahalo na ito na naging pasaway kay YHWH at sa Kanyang plano para sa nilikha (cf. I Enoch 7:1ff; 15:1ff; 86:1ff)
7. sa Ugaritikong panitikan "ang mga anak na lalake ng Diyos" ay tumutukoy sa mga miyembro ng pantheon (i.e. mas mababang espiritwal na nilalang)

D. Katibayan para sa pariralang tumutukoy sa mga hari o punong manunupil sa lahi ni Cain

1. Mayroong ilang mga sinaunang mga salin na sumusuporta sa pananaw na ito
    - a. Targum ng Onkelos (ikalawang siglo A.D.) isinasalin ang "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "mga anak na lalake ng karangalan"
    - b. Symmachus (ikalawang siglo A.D.) Griyegong salin ng OT, isinalin ang "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "ang mga anak na lalake ng mga hari"
    - c. Ang terminong *"elohim"* ay ginamit sa Israelita na mga pinuno (cf. Exodo 21:6; 22:8; Awit 82:1,6), pansinin NIV at NET Bible
    - d. *Nephilim* ay ikinabit sa *Gibborim* sa Geneses 6:4, *Gibborim* ay mula sa *Gibbor* ibig sabihin ay " isang malakas na lalake ng tapang; lakas; kayamanan o kapangyarihan
    - e. ang interpretasyon na ito at ebidensya nito ay kinuha mula sa Hard Sayings of the Bible pp. 106- 108.

E. Historikal na ebidensya ng mga tagapagtangkilik ng parehong pagkakagamit

1. ang parirala ay tumutukoy sa mga Sethites

| | |
|---|---|
| a. Cyril ng Alexandria | e. Calvin |
| b. Theodoret | f. Kyle |
| c. Augustine | g. Gleason Archer |
| d. Jerome | h. Watts |

2. ang parirala ay tumutukoy sa mala-anghel na nilalang

| | | |
|---|---|---|
| a. Mga manunulat ng Septuagint | e. Tertullian | i. Olford |
| b. Philo | f. Origen | j. Westermann |
| c. Josephus (*Antiquities* 1:3:1) | g. Luther | k. Wenham |
| d. Justin Martyr | h. Ewald | l. NET Bible |
| e. Irenaeus | o. Delitzsch | |
| f. Clemente ng Alexandria | p. Hengstenberg | |

F. Paanong ang mga "Nephilim" ng Genesis 6:4 ay nauugnay sa "mga anak na lalake ng Diyos" at "ang mga anak na babae ng mga tao" ng Genesis 6:1-2? Pansinin ang mga teoryang ito:

1. Sila ay ang naging mga higante (cf. Bilang 13:33) ng bunga ng pagsasama sa pagitan ng mga anghel at mga babaeng tao.
2. Wala silang kinalaman sa isat-isa. Sila ay simpleng binanggit bilang nasa mundo sa mga panahon ng mga pangyayari sa Genesis 6:1-2 at gayundin pagkatapos.
3. R. K. Harrison sa *Introduction to the Old Testament*, p. 557, ay may sumusunod na misteryosong sipi, "ang magmintis ng lahatan sa napakahalagang antropolohikal na kaalaman sa pagrerelasyon ng *Homo sapiens* at pre-Adamic na mga uri na nilalaman ng sipi, at siyang palasunod doon sa mga eskolar na may kakahayang tugisin sila."

    Ito ay pagpapahiwatig para sa akin na nakikita niya ang dalawang grupong ito bilang mga kumakatawan sa magkaibang mga grupo ng humanoids. Ito ay maaring magpahiwatig na isang kahulihan ay isang espesyal na paglikha kina Adan at Eba,

ngunit siya ring ebolusyonaryong pag-unlad ng *Homo erectus*.

G. Makatarungan lamang na ilabas ang aking sariling pagkakaunawa sa kontrobersyal na tekstong ito. Una, nais kong paalahanan tayong lahat na ang teksto sa Genesis ay maikli at may kalabuan. Ang unang tagapakinig ni Moises ay dapat na mayroong karagdagang historikal na kabatiran o si Moises ay gumamit ng pasalita o isinulat na tradisyon mula sa Patriyarkal na periyod na siya mismo ay hindi lubusang naunawaan. Ang isyung ito ay hindi isang napakahalaga na teolohikal na paksa. Tayo ay madalas na mausisa patungkol sa mga bagay na tanging ang Kasulatan lamang ang nagparamdam ngunit may mga kalabuan. Napakasaklap na magtayo ng pinahahabang teolohiya mula dito at sa mga kahawig na kaputol ng biblikal na impormasyon. Kung kailangan nating ang impormasyon na ito ang Diyos ay magtutustos ng isang mas malinaw at kompletong anyo. Ako ay personal na naniniwala ito ay mga anghel at mga tao sapagkat:
   1. Ang di-nagbabago, ngunit hindi eksklusibo, na paggamit sa pariralang "mga anak na lalake ng Diyos" para sa mga anghel sa OT
   2. Ang Septuagint (Alexandrian) ay isinalit (huling unang siglo B.C.) "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "mga anghel ng Diyos"
   3. Ang palsipikadong aklat ng I Enoch (maaaring naisulat noong 200 B.C.) ay napakapartikular na ito tumutukoy sa mga anghel (cf. mga kabanata 6-7)
   4. the teolohikal na kaugnayan sa II Pedro 2 at Judas ng mga anghel na nagkasala at hindi napanatili ang kanilang nararapat na kalalagyan. Alam ko na ilan sa mga ito ay tila kumukontra sa Mateo 22:30, ngunit ang mga partikular na mga anghel ay hindi alinman sa langit o lupa sa isang natatanging kulungan (*Tartarus*).
   5. Naisip ko na isa sa dahilan ng maraming pangyayari ng Genesis 1-11 ay matatagpuan sa ibang mga kultura (i.e. kaparehong talang paglikha, kaparehong pagbahang mga tala, kaparehong mga tala ng mga anghel sa pagkuha ng mga babae) ay sapagkat lahat mga tao ay magkasama at mayroong kaalaman kay YHWH sa panahon ng periyod na ito, ngunit pagkatapos ng pagpapakalat sa tore ng Babel ang kaalaman na ito ay naging narumihan at nahango sa poliyestikong modelo. Isang magandang halimbawa ng Griyegong mitolohiya na ito kung saan kalahating tao/kalahating mas mahigit sa tao na tinawag na Titans ay ikinulong sa Tartarus, ang pinakapangalan na ito ay ginamit lamang ng isang beses sa Bibliya (cf. II Pedro 2) para sa lugar ng pananatili ng mga anghel na hindi napanatili ang kanilang nararapat na kalalagyan. Sa rabinikal na teolohiya ang Hades ay hinati sa isang seksyon para sa mga matuwid (paraiso) at isang seksyon para sa mga masasama (*Tartarus*).

▣ **"kaluwalhatian at kalakasan"** Ang mga ito ay dalawang karaniwang mga termino na tumutukoy kay YHWH.
   1. kaluwalhatian – BDB 458
   2. kalakasan – BDB 738

**29:2 "Sambahin"** Ito ay pang-apat sa kalipunan ng apat na pambungad na MGA PAUTOS (lit. "yumuko," BDB 1005, KB 295, *Hishpael* PAUTOS). Ito ang ginagawa ng matapat na mga tagasunod habang sila ay papalapit sa Kanyang templo na may banal na damit. Ito ay hindi lamang kinapapalooban ng pananamit ngunit kasunduan pagsunod.

▣ **"Kanyang pangalan"** Ito ay isang pangwikaing paraan sa pagtukoy ni YHWH sa Kanyang sarili. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pangalan ni YHWH sa Awit 5:11-12.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“sa kagandahan ng kabanalan”** |
| **NKJV** | **“sa ganda ng kabanalan”** |
| **NRSV, NJB** | **“sa banal na kaningningan”** |
| **JPSOA, NASB sa gilid** | **“maharlika sa kabanalan”** |
| **REB, NET** | **“sa banal na gayak”** |
| **LXX, Peshitta** | **“sa Kanyang banal na hukuman”** |

Ang may kalabuang parirala (BDB 214 KAYARIAN BDB 871) ay makikita din sa tatlong ibang mga konteksto ng pagsamba sa templo pagsamba (cf. Awit 96:9; 110:3; 1 Cronica 16:29). Ang TEV talababa ay naghahain ng tatlong maaaring paraan sa pagsalin ng parirala.

1. kapag Siya (YHWH) ay nagpakita (mula sa Ugarit salitang-ugat, cf. TEV, i.e., YHWH sa Kanyang sarili; ito ngayon ay katulad ng pagpapakita sa Exodo 19-20)
2. mga damit sa pagsamba (ang kasuotan ni Aaron ay inilarawan sa isang katulad na paraan sa Exodo 28:2)
3. sa Kanyang napakagandang templo (ay tila ipinapahayag sa LXX)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 29:3-9**

**3 Ang tinig ng PANGINOON ay nasa ibabaw ng tubig;**
**ang Diyos ng kaluwalhatian ay kumukulog,**
**ang PANGINOON sa ibabaw ng maraming tubig.**
**4 Ang tinig ng PANGINOON ay makapangyarihan,**
**ang tinig ng PANGINOON ay puspos ng kamahalan.**
**5 Ang tinig ng PANGINOON ay bumabali ng mga cedro;**
**Oo, pinagpuputolputol ng PANGINOON ang mga cedro ng Libano.**
**6 Kaniya namang pinalulukso na gaya ng guya,**
**ang Libano at Sirion na gaya ng mailap na guyang baka.**
**7 Humahawi ng liyab ng apoy ang tinig ng PANGINOON.**
**8 Niyayanig ng tinig ng PANGINOON ang ilang;**
**niyayanig ng PANGINOON ang ilang ng Kades.**
**9 Pinapanganganak ng tinig ng PANGINOON ang mga usa**
**at hinuhubdan ang mga gubat;**
**at sa kaniyang templo ay nagsasabi ang bawa't bagay: “kaluwalhatian!”**

**29:3-9** Ang istropang ito ay pinanginigbabawan ng “ang tinig ng PANGINOON.” May tila dalawang paraan sa pagtingin nito.

1. si YHWH ang manlilikha, cf. vv. 3,10 (cf. Genesis 1; Awit 93)
2. si YHWH ang tunay na Diyos ng unos at nagbibigay ng ulan (cf. vv. 3-9, i.e., na kasalungat sa mga pag-aangkin ni *Ba'al*)

Pansinin ang paraan na inilarawan ang tinig ni YHWH (vv. 4-9).

1. makapangyarihan (BDB 470)
2. maharlika (katulad na salitang-ugat sa v. 2b, BDB 214)
3. bumabali ng mga Cidro (PANDIWA, BDB 990, KB 1402 inulit sa v. 5)
4. pinapaluksa ang Libano at Sirion (i.e., Bundok Hermon, cf. Deuteronomio 3:9)
5. kidlat (cf. Awit 18:12,14) na nagpapaningas ng mga puno
6. niyayanig ng ilang (PANDIWA, BDB 296, KB 297, inulit sa v. 8)
7. Pinapanganganak ang mga usa
8. hinuhubdan ang mga gubat (BDB 362 I)

Ito ay mahalagang tandaan na ang mga isinawikang salita ay napakahalaga at malaganap na teolohikong konsepto sa sinaunang Hebreo.

1. linikha sa pamamagitan ng isinawikang salitang – Genesis 1
2. kapangyarihan ng isinawikang salita ng Diyos – Isaias 14:24; 25:1; 45:23; 46:10; 55:11; 59:21; Mateo 24:35
3. ang Mesias ay tinawag na "ang Salita" sa Juan 1:1-5,14; Pahayag 19:13
4. ang paglalarawan ng pagbabalik ng Mesias na may dalawang-tulis na tabak para sa isang wika – Pahayag 1:16; 2:12

**29:6 "Libano. . .Sirion"** Ang mga ito ay mga heograpikong sanggunian sa hilaga ng Ipinangakong Lupain ng Canaan. Ang terminong "Sirion" para sa Bundok Hermon ay hindi karaniwan (cf. Deuteronomio 3:9). Dahil dito at ang maliwanag na konteksto o "unos" na paglalarawan, maraming makabagong mga iskolar ay nakita ang Awit na ito bilang isang muling paggawa ng isang orihinal na imno kay *Ba'al* (ang diyos ng unos ng Caananeo). Ang mga *Ras Shamra* na teksto ay nagbubukas ng nakatagong paglalarawan sa OT sa liwanag ng Caananeong mitolohiya. Ang mga Hebreong may-akda ay kadalasang kinukuha ang paglalarawan ng mga paganong diyus-diyosan at baguhin sila sa mga paglalrawan at mga titulo ni YHWH. Nalalaman nila na Siya ang isa at tanging tunay na Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7).

Para sa isang mabuting maikling pagtalakay ng sinaunang komolohiya, tingnan ang IVP *Dictionary of Biblical Imagery*, pp. 169-174.

**29:9a** Ang katulad na PANDIWA (BDB 296, KB 297) na isinalin na "mayanig" sa talata 8 (dalawang beses) ay ngayon ginamit sa panganganak (cf. Job 39:1) at sa panganganak ni Sarah sa Isaias 51:2.

Kung ang isa ay susubok na pananatiliin ang magkasingkahulugang pagtutulad (paralelismo) sa pagitan ng 29:9b at 29:5b, ngayon, sila dapat na magbago ng "hulihan" (MT, UBS Text Project ay nagbibigay dito ng isang "B" na antas) sa "mga oak" (cf. TEV, NJB, katulad na mga katinig, isang lamang na pagbabago sa mga patinig). Ito ay ginawa upang subukang ipagpatuloy ang maaaring chiastic na huwaran.

Ang NET Bible (p. 885 #21) ay nagmumungkahi ng isang pag-aayos ng "mga gubat" to "mga babaeng kambing sa bundok" upang mapanatili ang magkasingkahulugang pagtutulad (paralelismo) sa pagitan ng mga talata 9a at 6. JPSOA ay may isang talababa, "dalhin ang mga maliliit na kambing sa maagang panganganak" bilang isang opsyon (BDB 362 II).

**29:9c** Ang buod ng lahat ng pagkilos na ito (i.e., ang pisikal na bunga ng isang malakas na unos) ay sa Kanyang templo, lahat ng bagay ay nagsasabing, "Kaluwalhatian!"

Si YHWH na manlilikha ang nagtutustos ng pang-agrikulturang kasaganahan sa pamamagitan ng ulan sa panahon nito. Ang Manlilikha ay rin ang Tagapagtaguyod! (Tingnan ang isang mabuting artikulo sa "Kalooban ng Diyos o Probidensiya" sa IVP *Dictionary of the Biblical Imagery*, pp. 681-683.)

Ang NJB ay ginawang sa unahan ng vv. 10-12 ang v. 9c.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 29:10-11**

**10 Ang PANGINOON ay naupo sa baha *na parang Hari*;**
**Oo, ang PANGINOON ay nauupong parang Hari magpakailan man.**
**11 Ang PANGINOON ay magbibigay ng kalakasan sa kaniyang bayan;**
**pagpapalain ng Panginoon ang kaniyang bayan ng kapayapaan.**

**29:10** Ang salitang "Hari" ay wala sa linya 1 ngunit nasa linya 2. Ang baha ay tumutukoy (1) sa Genesis 6-9 (cf. Genesis 6:17) o (2) sa orihinal na linikha (cf. Genesis 1:2).

Ang konsepto ni YHWH bilang Hari ay bumabalik sa 1 Samuel 8:7. Ito ay ipinahayag bilang isang teolohikong pagbibigay-diin sa Awit 10:16 at dito. Ang paglalarawan ay si YHWH na nakaupo sa

isang trono (cf. Awit 2:4; 113:5 at ang paglalarawan sa Isaias 6) o may hawak na setro o tungkod.

▣ **"naupo… nauupong parang Hari"** Ang PANDIWANG "naupo" o "nalukok sa trono (BDB 442, KB 444) magpakailan man" ay isang paulit-ulit paksa (cf. Exodo 15:18; Awit 9:7; 10:16; 29:10; 66:7; 145:13; 146:10; Jeremias 10:10; Panaghoy 5:19).

▣ **"sa baha"** Ang PANG-UKOL ay nagpapahiwatig na
1. kapangyarihan at awtoridad sa mga tubig ng chaos (LXX)
2. Si YHWH sa kalangitan ay nasa itaas ng mas mataas ng mga tubig (i.e., mga ulan), sa ibabaw ng mga ulap (cf. Genesis 1:6-7; Awit 148:4)

Ang terminong "baha" (BDB 550) ay matatagpuan lamang sa Genesis at dito sa Awit 29:10.

**29:11** Dahil si YHWH ay Hari, ang Kanyang mga tao ay kapanatagan. Ang kanyang mga pangako ay may katiyakan. Ang Kanyang mga layunin para sa hinaharap ay may katiyakan!

Kahit na gitna ng "unos" kapag ang mga kapangyarihan ng kalikasan ay tila mabagsik, ang mga tao ni YHWH ay payapa (cf. Mateo 8:23-27; 14:22-33)! Ipinakita rin ni Hesus ang banal na kapangyarihang ito laban sa mga hangin at mga alon!

# AWIT 30

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pasasalamat para sa Pagpa-papalaya mula sa Kamatayan<br><u>Panimula sa MT</u><br>"Isang Awit; Isang Awit sa Paghahandog ng Bahay." *Isang Awit ni David.* | Ang Kaligayahan ng Natugunang Panalangin | Pasasalamat para sa Pagpapa-galing | Isang Panalangin ng Pasasa-lamat | Pasasalamat pagkatapos ng Panganib sa Buhay |
| 30:1-5 | 30:1-3 | 30:1-3 | 30:1-3 | 30:1-3 |
| | 30:4-7 | 30:4-7 | 30:4-5 | 30:4-5 |
| 30:6-9 | | | 30:6-7 | 30:6-7 |
| | 30:8-10 | 30:8-10 | 30:8-10 | 30:8-9 |
| 30:10-12 | | | | 30:10-12 |
| | 30:11-12 | 30:11-12 | 30:11-12 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

Ang panimula, na nasa MT, ay hindi orihinal (i.e., wala sa mga awit ng DSS). Ito ay maliwanag na idinagdag pagkatapos (cf. Panimula sa Awit 7, 60). Hindi ko tinatanggap ang mga panimulang ito bilang kinasihan (tingnan si Gleason Archer, *Encyclopedia of The Biblical Difficulties*, p. 243), samakatuwid, hindi ako magbibigay ng komento sa kanila.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 30:1-5**

**1 Dadakilain kita, Oh PANGINOON; sapagka't itinindig mo ako,**
**at hindi mo pinagalak sa akin ang aking mga kaaway.**
**2 Oh PANGINOON kong Diyos,**
**dumaing ako sa iyo, at ako'y pinagaling mo.**
**3 Oh PANGINOON, iyong isinampa ang aking kaluluwa mula sa Sheol**
**iyong iningatan akong buhay, upang huwag akong bumaba sa hukay.**
**4 Magsiawit kayo ng pagpuri sa PANGINOON, Oh kayong mga banal niya,**
**at mangagpasalamat kayo sa kaniyang banal na pangalan.**
**5 Sapagka't ang kaniyang galit ay sangdali lamang,**
**ang kaniyang paglingap ay habang buhay;**
**pagiyak ay magtatagal ng magdamag,**
**nguni't kagalakan ay dumarating sa kinaumagahan.**

**30:1-5** Ang salmista ay nagtatanyag at pumupuri kay YHWH para sa pagpapalaya mula sa kamatayan.

**30:1 "Dadakilain kita"** Ang PANDIWANG ito (BDB 926, KB 1202, *Polel* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan) ay mayroong dalawang pangunahing kahulugan.

1. dadakilain, itanyag (dito si YHWH), cf. Exodo 15:2; Awit 34:3; 99:5,9; 107:32; 118:28; 145:1; Isaias 25:1
2. itataas (tumutukoy sa pagpuri kay YHWH), cf. 2 Samuel 22:47; Awit 18:46; 21:13; 46:10; 57:5,11 Ang papuri ay ibinigay dahil si YHWH ay kumilos.
3. Siya ay itinaas (BDB 194, KB 222, *Piel* GANAP) ng salmista, v. 1 (ang terminong ito ay ginamit sa pagkuha ng tubig mula sa isang balon at maaaring tumutukoy sa banal na pagliligtas mula sa hukay, cf. 30:4).
4. hindi Niya hinahayaang magalak ang mga kaaway ng salmista (BDB 33, KB 38, *Qal* PANDIWARI), cf. Awit 25:2; 41:11.
5. pinagaling Niya siya (BDB 750, KB 1272, *Qal* DI-GANAP with *waw*), v. 2.
6. dinala Niya ang kanyang kaluluwa mula sa *Sheol* (BDB 748, KB 828, *Hiphil* GANAP), v. 3.
7. pinanatili Niya siyang buhay (BDB 310, KB 309, *Piel* GANAP), v. 3.

**30:2 "Oh PANGINOON kong Diyos"** Ito ay dalawang sa pinaka-karaniwang katawagan sa Diyos ng Israel (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa Awit 1:1).

1. YHWH – Diyos bilang Tagapagligtas, ang Diyos na gumagawa ng kasunduan, cf. Genesis 2:4
2. *Elohim* – Diyos bilang manlilikha at tagataguyod ng lahat ng buhay sa planetang ito, cf. Genesis 1:1

Pansinin kung paanong ang Awit na ito ay nagsimula sa titulong ito (v. 2) at nagtapos sa titulong ito (v. 12). Ito ay karaniwang sa Hebreong pampanitikang istilo (i.e., *inclusio*).

**NATATANGING PAKSA: ANG PAGPAPAGALING BA AY PLANO NG DIYOS SA BAWAT PANAHON?**

1. Ang pagpapagaling ay isang mahalagang aspeto ng ministeryo ni Hesus at mga Apostol.
2. Una sa lahat, nilalayon nito na pagtibayin ang radikal na bagong mensahe tungkol sa Diyos at sa Kanyang kaharian.
3. Ito ay nagpapakita ng puso ng Diyos para sa taong nasasaktan.

4. Ang iyos ay hindi nagbago (Malakias 3:6) at Siya ay patuloy sa kumikilos sa pag-ibig sa pagpapagling.
5. Mayroong mga halimbawa ng hindi napagaling.
   a. si Pablo, 2 taga-Corinto 12:7-10
   b. si Trophimo, 2 Timoteo 4:20
6. Ang kasalanan at pagkakasakit ay kasama tsa mga rabbi at kay Santiago (cf. Juan 9:2; Santiago 5:13-18).
7. Ang pagpapagaling ay hindi isang garantiya ng Bagong Kasunduan. Ito ay hindi bahagi ng katubusan na inilarawan sa Isaias 53 sa Awit 103.
8. Mayroong tunay na hiwaga tungkol sa bakit ang ilan ay napagaling at ang ilang ay hindi.
9. Ito ay maaari na bagamat ang pagpapagaling ay makikita sa bawat panahon, mayroong isang mahalagang pagdami sa panahon ng buhay sa lupa ni Hesus; ang pagdaming ito ay mangyayari muli bago ang Kanyang pagbabalik.

▣ **"ako'y pinagaling mo"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**30:3 "Sheol. . .hukay"** Ang dalawang termino (magkasingkahulugang pagtutulad (paralelismo)) ay tumutukoy sa libingan o ang humahawak na lugar ng mga patay. Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay? sa Awit 1:6.

Pansinin na antitetikong pagtutulad (paralelismo) ay karaniwan sa Awit na ito. Ipinapakita nito, sa mismo tunay-na-buhay na mga paraan, ang "dalawang daan" ng Awit 1.

Para sa isang mabuting maikling pagtalakay ng "hukay" tingnan ang IVP, *Dictionary of Biblical Imagery*, p. 646-647.

**30:4**
**NASB** **"mga banal niya"**
**NKJV** **"mga banal"**
**NRSV** **"matapat niya"**
**TEV** **"matapat na mga tao"**

Ang PANG-URING ito (BDB 339) ay nabuo mula sa PANGNGALANG *hesed* (BDB 338), na ngangahulugang pangkasunduang katapatan (Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7).

1. Sa bahagi ng Diyos; Siya ay matapat sa Kanyang mga kasunduang pangako.
2. Sa bahagi ng matapat na tagasunod; siya ay dapat na masunurin at nagpapatuloy sa kanilang mga pangkasunduang katungkulan.

Ito ay naging isang karaniwang titulo sa Awit para sa matapat tagasunod ng kasunduan (i.e., Awit 4:3 at marami pa). Ang maraming salin (TEV, NJB) ay nakikita ang 30:4-5 bilang isang hiwalay na istropa na hinihikayat sa matapat na mga tagasunod na lumahok ang pagpuri kay YHWH (tingnan ang paghahati-hati ng mga talata sa harapang pahina ng Awit na ito).

Sa kontekstong ito, sila ay tinawag na

1. umawit ng pagpuri – BDB 274, KB 273, *Piel* PAUTOS
2. magbigay pasasalamant – BDB 392, KB 389, *Hiphil* PAUTOS

▣
**NASB, NRSV,**
**JPSOA** **"pangalan"**
**NKJV** **"ala-ala"**
**TEV** **"maalala"**
**NJB** **"di-malilimutan"**

Ang MT ay mayroong PANGNGALANG "paggunita" o "pag-alaala" (BDB 271, cf. Osias 12:5). Dito, ito tumutukoy mapagbiyayang katangian at makapangyarihang pagkilos ni YHWH sa kapakanan ng Kanyang mga tao (cf. Awit 6:5; 30:5; 97:12; 102:12; 111:4; 145:7). Ang Hebreong konsepto ng "pangalan" ay nandito, ngunit wala ang salit. Kapwa makikitang magkaagapay sa Awit 135:13 at Isaias 26:8. Pansinin din ang pagtuon sa "pag-alaalang-pangalan" sa Exodo 3:15.

**30:5** Ang talatang ito ay nakuha ang pagkahang sa biyaya sa nalugmok na sangkatauhan (antitetikong magkaagapay). Ito ay isang nalugmok na mundo ngunit YHWH ay hindi maipapahintulot na maging palagian ang pagsasama-sama sa Eden. Mayroong mga kahihinatnan sa kasalanan at paghihimagsik ngunit sa Kanyang biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya ng matapat na tagasunod (cf. taga-Efeso 2:8-9), mayroong pagpapatawad at pagpapanumbalik (cf. Awit 103:8-14; Isaias 54:7-8)! Ang tanging palagiang kahihinatnan ay kawalan ng pananampalataya. Ito ay ang di mapapatawad na kasalanan (tingnan ang Natatanging mga Paksa sa ibaba).

Ang unang dalawang mga linya ng 30:5 ay walang MGA PANDIWA. Ang PANAHUNANG balangkas ay nagbibigay-diin ang teolohikong punto

> "Sapagka't ang kaniyang galit ay sangdali lamang
> ang kaniyang paglingap ay habang buhay!"

Ang AB (p. 182) iminumungkahi na ang "habang buhay" (BDB 213) na nangangahulugang "walang hanggang buhay," ay batay sa Awit 21:4. Gayunman, Awit 91:16 ay ang karaniwang paggamit sa OT ng salitang ito, na tumutukoy sa buhay na ito.

Isa lamang na karagdagang kaisipan tungkol sa "galit" sa ito konteksto. Ang OT ay nakita ang isang kaugnayan sa pagitan ng kasalanan at karamdaman (cf. Santiago 5:13-18). Si Hesus ay tila binago ang pananaw na ito sa Juan 9:1-12. Kung ang Diyos ay hinatulan tayo sa liwanag ng ating kasalanan lahat tayo may sakit at mamamatay. Ang kahanga-hangang katotohanan ay tayo ay karapat-dapat sa "galit" ngunit tayo ay nakatanggap ng kahabagan, biyaya, at pag-ibig! Tayo, gayunman, ay hindi lahat napagaling (tingnan ang Natatanging Paksa sa 30:2)! Ngunit Siya ay kasama natin sa lahat ng ating pagdurusa (cf. taga-Roma 8:18-25; 2 taga-Corinto 4:17).

▣ **"Kanyang galit"** Ang salitang ugat na ito (BDB 60) ay nauugnay sa "ilong" (i.e., pulang mukha) o "pagsinghal" (dimasasabi ngunit tanda sa tinig ng pantaong damdamin). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Diyos ay Inilalarawan bilang Tao (antropomorpismo) sa Awit 2:4-6

**NATATANGING PAKSA: ANO ANG KASALANANG PATUNGO SA KAMATAYAN**

A. Mga isaalang-alang sa Hermeneutics
  1. Ang wastong pagkakilala ay kailangang maiugnay sa pangkasaysayang pinangyarihan ng I Juan
    a. Ang presensya ng Nostikong mga bulaang mangangaral sa mga iglesiya (cf. 2:19,26; 3:7; II Juan 7)
      (1) Ang mga "Cerinthian" Nostik ay nagtuturo na ang taong si Hesus ay tinanggap ang espiritu ni Kristo sa kanyang bautismo at ang espiritu ni Kristo ay lumisan bago ang kanyang kamatayan sa krus (cf. 5:6-8)
      (2) Ang mga docetic Nostik ay nagtuturo na si Hesus ay isang Diyos na espiritu, hindi isang tunay na taong nilalang (cf. 1:1-3)
      (3) Ang Nostisismo na lumitaw sa mga isinulat noong ikalawang siglo ay naghayag ng dalawang magkaibang pananaw tungkol sa katawan ng tao
        (a) Yamang ang kaligtasan ay isang katotohanan na nahayag sa kaisipan, ang katawan ng tao ay ay walang kinalaman sa espirituwal na mundo. Samakatuwid, kahit anong gustuhin nito ay makukuha nito. Ito ay kadalasang

tumutukoy sa mga walang-batas o libertinong Nostik.

(b) Ang ibang pangkat ay nagpalagay na dahil ang katawan ay likas na masama (i.e., Griyego kaisipan), ang alinmang pagnanasa ng katawan ay kailangang iwasan. Ito ay tinatawag na mga Asetikong Nostik.

b. these mga bulaang mangangaral ay iniwan ang iglesiya (cf. 2:19), ngunit hindi ang kanilag impluwensiya!

2. Ang wastong pagpapakilala ay kailangang nauugnay sa pangpanitikang kaugnay na kahulugan ng buong aklat
   a. Ang I Juan ay isinulat upang kalabanin ang bulaang pagtuturo at tinitiyak ang tunay na mga mananampalataya
   b. Ang dalawang layunin ang maaaring makita sa pagsusuri ng tunay na mga mananampalataya
      (1) Pang-doktrina
         (a) Si Hesus ay buong tao (cf. 1:1-3; 4:14)
         (b) Si Hesus ay buong Diyos (cf. 1:2; 5:20)
         (c) Ang sangkatauhan ay makasalanan at may pananagutan sa isang banal na Diyos (cf. 1:6,10)
         (d) Ang mga tao ay pinatawad dita at ginawang tama sa Diyos sa pamamagitan ng
            i. kamatayan ni Hesus (cf. 1:7; 2:1-2; 3:16; 4:9-10,14; 5:6-8)
            ii. pananampalataya kay Hesus (cf. 1:9; 3:23; 4:15; 5:1,4-5,10-12,13)
      (2) practikal (positibo)
         (a) pagsunod ng pamumuhay (cf. 2:3-5; 3:22,24; 5:2-3)
         (b) pag-ibig ng pamumuhay (2:10; 3:11,14,18,23; 4:7,11-12,16-18,21)
         (c) pagiging katulad ni Kristo ang pamumuhay (hindi nagkakasala, cf. 1:7; 2:6,29; 3:6-9; 5:18)
         (d) tagumpay ng pamumuhay laban sa masama (cf. 2:13,14; 4:4; 5:4)
         (e) Ang Kanyang salita ay nananatili sa kanila (cf. 1:10; 2:14)
         (f) Mayroon silang Espiritu (cf. 3:24; 4:4-6,13)
         (g) Tinutugunang panalangin (cf 5:14-15)
      (3) praktikal (negatibo)
         (a) kasalanan ng pamumuhay (cf. 3:8-10)
         (b) pagkagalit ng pamumuhay (cf. 2:9,11; 3:15; 4:20)
         (c) Di-pagsunod na pamumuhay (cf. 2:4; 3:4)
         (d) pag-ibig sa sanglibutan (cf. 2:15-16)
         (e) pagtanggi kay Kristo (tinatanggi ang Ama at Anak, cf. 2:22-23; 4:2-3; 5:10-12)

3. Ang wastong pagpapakilala ay kailangan maiugnay sa partikular na bagay na nauukol sa tala (cf. 5:16-17)
   a. Ang salitang "kapatid" ng v. 16 ba ay maiuugnay sa kapwa sa kanilang nakagawa ng kasalanan na hindi nagdudulot ng kamatayan at sa kanila na nakagawa kasalanan na nagdudulot ng kamatayan?
   b. Ang mga nagkasala ba ay minsang naging mga kaanib sa iglesiya (cf. 2:19)?
   c. Ano ang kahalagahan sa talata ng:
      (1) Walang pangtukoy kasama ang "kasalanan"?
      (2) Ang PANDIWANG "nakakita" bilang isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na may AORIST NA TAHAS NA PASAKALI?
   d. Paano maipapanumbalik ng mga panalangin ng isang Kristiyano (cf. Santiago 5:15-

16) ang walang hanggang buhay "*zōē*" sa iba pa na walang personal na pagsisisi ng makasalanan?

e. Paaano maiuugnay ang v. 17 sa mga uri ng kasalanan (patungong kamatayan, hindi patungong kamatayan)?

B. Mga teolohikong suliranin

1. Kailangan bang subukan ng tagapagsalin na maiugnay ang talatang ito sa
   a. Sa "di-mapapatawad" na kasalanan ng mga Ebanghelyo
   b. ang "minsang lang" na kasalanan ng Hebreo 6 at 10

   Ang kaugnay na kahulugan ng I Juan ay tila katulad ng di-mapapatawad na kasalanan ng mga Fariseo sa panahon ni Hesus (cf. Mateo 12:22-37; Marcos 3:2-29) gayundin sa mga hindi manananpalatayang mga Hudyo ng Hebreo 6 at 10. Lahat ng tatlong pangkat (mga Fariseo, hindi nananampalatayang mga Hudyo, at mga Nostikong bulaang mangangaral) na maliwanag na nakarinig ng ebanghelyo, ngunit kanilang tinanggihan ang manamapalataya kay Hesus Kristo.

2. Kailangan bang ang mga tanong ng makabagong pananampalataya ay maging isang teolohikong pagkakahati-hati upang isaalang-alang ang talatang ito?

Ang pag-e-ebanghelyo ay labis na nagbigay-diin sa panimula ng karanasan ng Kristiyano at pinabayaan ang mga nagpapatuloy na katunayan ng pamumuhay sa tunay na pananampalataya. Ang ating mga maka-bagong teolohikong tanong ay makakapagpabigla sa mga unang siglong Kristiyano. Kailangan natin ng "katiyakan" batay sa mga pinilang mga "patunay na talata" at sa ating sariling mga lohikal na pangangatuwirin o mga pagkamping pang-denomination.

Ang ating mga teolohikong pagtatanong, pagkakahati-hati, at pagkakakilanlan ay nagpahayag ng ating sariling kawalan ng tatag. Kailangan nating ang mas maraming kaalaman at paglilinaw na higit kaysa sa ipinagkakaloob ng Bibliya, upang ang ating mga sistematikong teolohiya ay makakuha ng ilang mga tipak ng Banal na Kasulatan at maghabi ng malaking sapot ng lohikal, kaluranin, partikular na doktrina!

Ang mga salita ni Hesus sa Mateo 7 at Marcos 7 ay sapat para sa naunang iglesiya! Si Hesus ay naghahanap ng mga alagad, hindi mga kapasyahan, pangmatagalang pamumuhay pananampalataya, hindi pangmadaliang emosyonal na pananampalataya (cf. Mateo 13:10-23; Juan 8:31-59). Ang Kristiyanismo ay hindi siang hiwalay na nakalipas na pagkilos, ngunit isang nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at pagtitiyaga. Ang Kristiyanismo ay hindi isang tiket papuntang langit, na nabili sa nakalipas, o isang mamalagad sa pagsisiguro sa sunog na kinuha upang kanlunging ang isang makasariling pamumuhay, walang diyos na buhay!

Ang kasalanan patungong kamatayan ba ay tumutukoy sa pisikal na kamatayan o walang hangang kamatayan? Ang paggamit ni Juan ng *zōē* sa kaugnay na kahulugan ay nagpapahiwatig ng kaibahan na tumutukoy sa walang hangang kamatayan. Maaari bang kunin na ng Diyos (pisikal na kamatayan) ang nagkakasalang mga anak? Ang implikasyon ng kaugnay na kahulugan ay (1) ang mga panalangin ng kapwa mga mananampalataya at (2) at ang personal na pagsisisi ng may kasalanan ay pinagsama upang ipanumbalik ang mga mananampalataya, ngunit kung sila ay magpapatuloy sa isang pamumuhay na nagdadala kahihiyan sa kalipuan ng mga mananampalataya, ang maaaring bunga ay ang "wala sa oras" o maaagang paglisang pisikal sa buhay na ito. (cf. *When Critics Ask* nina Norman Geisler at Thomas Howe, p. 541)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 30:6-9**

**[6]Tungkol sa akin, sinabi ko sa aking kaginhawahan,**

> **"hindi ako makikilos kailan man."**
> [7]**Ikaw, PANGINOON, sa iyong paglingap ay pinatayo mong matibay ang aking bundok;**
> **iyong ikinubli ang iyong mukha; ako'y nabagabag.**
> [8]**Ako'y dumaing sa iyo, Oh Panginoon,**
> **at sa PANGINOON ay gumawa ako ng pamanhik:**
> [9]**"Anong pakinabang magkakaroon sa aking dugo, pagka ako'y mababa sa hukay?**
> **Pupuri ba sa iyo ang alabok? magsasaysay ba ito ng iyong katotohanan?**

**30:6-9** Ang istropang ito ay tila nagpapakilala ng katuparan ng mga pangako ng kasunduan sa Levitico 26 at Deuteronomio 28. Ninanais ni YHWH na sumagana ang Kanyang mga taong upang ipakita sa mundo ang Kanyang katangian. Ang salmista, bilang isang matapat na tagasunod, ay nagpapahayag sa kung ano ang ginawa ni YHWH para sa kaniya.

1. aking kaginhawahan
2. binigyan siya ng katatagan (i.e., "Hindi ako maikikilos")
3. siya ay pinatibay (i.e., larawan ng isang bundok; LXX ay mayroong "aking pagkamaharlika")
4. tinugon ang kanyang mga panalangin
5. pinagtanggol mula sa kamatayan kaya siya ay makakapagpuri sa katapatan ni YHWH (BDB 54)

Ang AB (p. 182) ay nakikita ang istropang ito bilang isang babala laban sa kasalanan ng labis na pagtitiwala sa sarili. Ang UBS *Handbook* (p. 282) ay nakikita ito bilang kanyang nakalipas na di-naaangkop na mga karanasan. Gayunman, gusto ko ang pagtitiwala sa Levitico 26 at Deuteronomio 28. Ang *Handbook* ay nagpapahayag na ang Awit na ito, tulad ng Awit 29, ay isang *chiastic* na huwaran. Kung ito ay totoo ngayon, ang gitna ng *chiasm* ay dapat na pangunahing katotohanan. Ngunit pansinin na ang gitna ay sa talata 6, na kapwa sa UBS *Handbook* at AB ay sinasabing isang di-naaangkop na karanasan. Hindi mo maaaring taglaying ang kapwa paraan!

**30:7b** Ito ay di tiyak kung paanong ang v. 7b aakma sa v. 7a,c. Ang dalawang MGA PANDIWA (MGA GANAP) ay naglalarawan ng isang nananatiling kalagayan.

1. iyong ikinubli ang iyong mukha – BDB 711, KB 771, *Hiphil* GANAP, "mukha," tumutukoy sa personal na presensya, nadama niyang maaaring iniwan siya ni YHWH, ay hindi makikita, hindi narinig ang kanyang mga panalangin.
2. Ako ay (BDB 224, KB 243, *Qal* GANAP) bagabag – BDB 96, KB 111, *Niphal* PANDIWARI. Ang termino ay nangangahulugang "balisa," "may pangamba," o "nasindak," cf. Job 4:5; 23:15; Awit 6:4; 83:18; 90:7; 104:29; Isaias 13:8; 21:3; Jeremias 51:32; Ezekiel 26:18.

Ang JPSOA ay nakikita ang v. 7b sa kabaliktaran ng v. 8, ginawa ni YHWH ang salmista na "matatag bilang isang napakalakas bundok," ngunit kung/kapag Siya ay nagtago ng Kanyang mukha, ito ay magbubunga ng "sindak." Samakatuwid, siya ay tinawag kay YHWH sa panalangin (v 8). Ang kasaganahan lamang, kahit na kasunduang kasaganahan (cf. Levitico 26; Deuteronomio 28) ay hindi sapat! Kailangan natin ang Diyos! Kailangan nating madama ang Kanyang presensya at kaluguran! Tayo ay nilikha (cf. Genesis 1:26-27; 3:8) para sa pagsasama-sama sa Diyos. Wala, walang sinuman ang makakakilala ng pangangailangan ito!

**30:9** Mayroong dalawang retorikong tanong, sa konteksto, ay inaasahan na isang "hindi" na kasagutan.

▣ **"alabok"** Ito (BDB 779) ay isang matalinghagang kapahayagan para sa kamatayan (cf. Awit 22:15,19; Isaias 26:19; 29:4) o *Sheol*/hukay. Ang mga tao ay ginawa sa putik/alabok (cf. Genesis 2:7) at sa alabok babalik sa kamatayan (cf. Genesis 3:19).

▣ **"Pupuri ba sa iyo ang alabok?"** Sa OT, ang kamatayan ay isang may kamalayan ngunit

tahimik, at umiiral (cf. Awit 6:5; 88:11-12; 115:7; Ecclesiastes 9:10; Isaias 38:18-19).

▣ **"iyong katotohanan"** Ito ay "amen" (BDB 54); tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1.

YHWH ay matapat (BDB 54) at tapat ang loob (BDB 338) sa Kanyang kasunduan. Siya ay ang Isa na hindi nagbabago (cf. Malakias 3:6; Awit 102:27; Santiago 1:17; pansinin din ang Hebreo 13:8). Ang ating pag-asa, bilang matapat na mga tagasunod, ay di-nagbabago, mahabaging katangian ni YHWH.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 30:10-12**

**10"Iyong dinggin, Oh PANGINOON, at maawa ka sa akin;**
**PANGINOON, maging saklolo nawa kita."**
**11Iyong pinapaging sayaw sa akin ang aking tangis;**
**iyong kinalag ang aking sakong magaspang, at binigkisan mo ako ng kasayahan,**
**12Upang ang pagluwalhati ko ay umawit na pagpupuri sa iyo at huwag maging tahimik.**
**Oh PANGINOON kong Diyos, ako'y magpapasalamat sa iyo magpakailan man.**

**30:10-12** Ang istropang ito ay nagsimula sa tatlong mga kahilingan sa panalangin (MGA PAUTOS).

1. dinggin – BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS
2. maawa – BDB 335, KB 334, *Qal* PAUTOS
3. maging saklolo kita (BDB 740, KB 810) – BDB 224, KB 243, *Qal* PAUTOS

Pansinin kung ano ang idinulot ng pagtugon ni YHWH na ginamit ng isang salmista.

1. Iyong pinapaging sayaw sa akin ang aking tangis
2. iyong kinalag ang aking kayong magaspang, at binigkisan mo ako ng kasayahan ("kasayahan" ay isang patulang paraan ng pag-iiba ng magaspang o *sackcloth*, i.e., mga pampistang kasuotan)
3. nagdulot sa kaniya na umawit ng papuri at hindi siya matatahimik
4. nagdulot sa kaniya na magpuri magpakailan man

**30:11 "sako"** Ito ay sinusuot bilang isang tanda ng pagdadalamhati.

**NATATANGING PAKSA: MGA KAGAWIAN SA PAGDADALAMHATI**

Ang mga Israelita ay naghahayag ng kalungkutan para sa namatay na mahal sa buhay, para sa personal na pagsisi guyundin sa mga karumaldumal na mga krimen, sa maraming mga kaparaanan:

1. pagpunit ng panglabas na damit, Genesis 37:29,34; 44:13; Hukom 11:35; II Samuel 1:11; 3:31; I Hari 21:27; Job 1:20
2. pagsuot ng kayong magaspand, Genesis 37:34; II Samuel 3:31; I Hari 21:27; Jeremias 48:37
3. pagtanggal ng sapatos, II Samuel 15:30; Isaias 20:3
4. pagpatong ng kamay sa ulo, II Samuel 13:19; Jeremias 2:37
5. paglagay ng alikabok sa ulo, Josh. 7:6; I Samuel 4:12; Nehemiah 9:1
6. pag-upo sa lupa, Panaghoy 2:10; Ezekiel 26:16 (nakahiga sa lupa, II Samuel 12:16); Isaias 47:1
7. pag-suntok ang dibdib, I Samuel 25:1; II Samuel 11:26; Nahum 2:7
8. paghiwa sa katawan, Deuteronomio 14:1; Jeremias 16:6; 48:37
9. pag-aayuno, II Samuel 12:16,22; I Hari 21:27
10. pag-awit ng panaghoy, II Samuel 1:17; 3:31; II Cronika 35:25

11. pagkalbo (pagtanggal sa buhok o pag-ahit), Jeremias 48:37
12. pagputol sa bigote, Jeremias 48:37
13. pagtakip sa ulo at mukha, II Samuel 15:30; 19:4

**30:12 "ang pagluwalhati ko ay umawit na pagpupuri sa iyo"** Ang "aking kaluluwa" sa literal ay "kaluwalhatian" (BDB 458). Ang katulad na katinig ay nangangahulugan din na "atay." Ang UBS Text Project (p. 209) ay nagmumungkahi na maaaring nauunawaan bilang

1. tumutukoy sa salmista mismo (i.e., panloob na katauhan – atay) sa pamamagitan ng termino (LXX, NKJV, NRSV, TEV, JPSOA)
2. isang PANGPAGKILALAN, "Oh Kaluwalhatian," tumutukoy kay YHWH

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Pinapapagalang ba ng Diyos ang lahat ng matapat na mga tagasunod?
2. Ipaliwanag kung bakit ang talata 5 ay isang napakahalagang talata.
3. Ang talata 6 ba ay isang positibo o negatibong pahayag?
4. Paano maiuugnay ang mga talata 9 at 12?

# AWIT 31

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Awit ng Pagdaing at ng Pagpuri<br><br>Panimula sa MT<br><br>"Para sa Punong Mang-aawit." Isang Awit ni David. | Ang PANGINOONG, Isang Muog sa Kagipitan | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa mga Personal na Kaaway | Isang Panalangin ng Pagtitiwala sa Diyos | Panalangin sa Oras ng Mahigpit na Pabsubok |
| 31:1-5 | 31:1-2 | 31:1-2 | 31:1-2 | 31:1-2a |
| | | | | 31:2b-3 |
| | 31:3-5 | 31:3-5 | 31:3-5 | |
| | | | | 31:4-5b |
| | | | | 31:5c-7a |
| 31:6-8 | 31:6-8 | 31:6-8 | 31:6-8 | |
| | | | | 31:7b-8 |
| 31:9-13 | 31:9-13 | 31:9-10 | 31:9-10 | 31:9 |
| | | | | 31:10 |
| | | 31:11-13 | 31:11-13 | 31:11 |
| | | | | 31:11c-12 |
| | | | | 31:13 |
| 31:14-18 | 31:14-18 | 31:14-18 | 31:14-18 | 31:14-16 |
| | | | | 31:17-18 |
| 31:19-22 | 31:19-20 | 31:19-20 | 31:19-20 | 31:19 |
| | | | | 31:20 |
| | 31:21-22 | 31:21-22 | 31:21-22 | 31:21-22 |
| 31:23-24 | 31:23-24 | 31:23-24 | 31:23-24 | 31:23-24 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL

A. Mayroong napakaraming Awit kung saan ang may-akda ay humihingi ng tulong mula sa Diyos laban sa mga kaaway. Ang isa ay namamangha
   1. kung sino ang mga kaaway na ito?
   2. kung bakit nararamdaman ng salmista ang madalas na pagkakawalay?
   3. na marami bang mga nakasulat sa katulad na panahon ng buhay ng salmista (maaaring si David)?

B. Ang salmista ay humaharap sa maraming mga isyu.
   1. personal na kasalanan at pangkaisipan at pisikal na mga kahihinatnan nito (cf. 31:1-12)
   2. personal na mga pag-atake ng
      a. mga kaaway
      b. kapwa
      c. mga kakilala

C. Ang mga pagkilos ng ang mga kaaway ay mailalarawan bilang
   1. nagtatanggkang siluin siya sa isang lambat, v. 4
   2. nagtatangkang hikayatin siya na isaalang-alang ang diyus-diyosan, v. 6
   3. maninirang-puri sa kaniya, vv. 11,13,20
   4. nagpapayuhang magkakasama laban sa kaniya, vv. 13,20
   5. inuusig siya, v. 15
   6. may sinungaling na labi, v. 18
   7. nagsasalita nang may pagmamataas, v. 18

D. Marami/karamihan ng Awit sa Unang Aklat ay mayroong magkakatulad na paksa at paggamit ng mga salit. Ito ay maaaring magpakilala ng isang di-kilalang adyenda ng pagpapatnugot o pagtitipon. Mayroong isang pakay na balangkas sa iba't-ibang mga aklat ng Awit (tingnan ang Panimula sa Salmo) ngunit ang mga makabago ay hindi tiyak kung ano ito.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 31:1-5**

**1 Sa iyo, Oh PANGINOON, nanganganlong ako;**
**huwag akong mapahiya kailan man;**
**palayain mo ako sa iyong katuwiran.**
**2 Ikiling mo ang iyong pakinig sa akin; iligtas mo akong madali;**
**maging matibay na kanlungan ka nawa sa akin,**
**bahay na sanggalangan upang iligtas ako.**
**3 Sapagka't ikaw ang aking malaking bato, at aking kuta;**
**alangalang nga sa iyong pangalan ay pangunahan mo ako, at patnubayan mo ako.**
**4 Hugutin mo ako sa silo na kanilang inilagay na lihim ukol sa akin,**

sapagka't ikaw ang aking katibayan.
[5]**Sa iyong kamay ay inihabilin ko ang aking espiritu;**
**iyong tinubos ako, Oh PANGINOON, ikaw na Diyos ng katotohanan.**

**31:1-5** Pansinin ang napakapersonal na paraan ng pagpapahayag ng kay YHWH. Pansinin ang bilang ng personal na MGA PANGHALIP. Ang biblikal na pananampalataya ay isang personal na pagtitiwala sa isang personal na Diyos. Ito ay hindi sa panimula ay tungkol sa isang kredo o kahit na isang kodigo moral ngunit tungkol sa isang personal pagtatagpo! Ang pagtatagpong iyon ang nakapagpabago ng lahat ng bagay! Ang lahat ng iba pa ay batay dito.

▣ Ang istropang ito ay mayroong maraming mga kahilingan sa panalangin.
1. huwag akong mapahiya– BDB 101, KB 116, *Qal* PANG-PANGKAT; ang pagkapahiyang ito ay kaugnay ng kasalanan ni David (cf. Awit 32; 51) o pag-atake ng iba sa kanyang pangalan o mga motibo, cf. Awit 25:2-3,20; 31:1,17; 35:26; 69:6; 119:6,46,78,80. Ang mapahiya minsan ay nangangahulugang pagpapabaya ni YHWH (cf. NIDOTTE, tomo 1, pp. 621-627).
2. palayain ako – BDB 812, KB 930, *Piel* PAUTOS
3. Ikiling mo ang iyong pakinig sa akin – BDB 639, KB 692, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 17:6; 71:2; 86:1; 88:2; 102:2
4. iligtas mo ako – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS
5. maging matibay na kanlungan ka – BDB 224, KB 243, *Qal* PAUTOS
6. pangunahan mo ako – BDB 634, KB 685, *Qal* PAUTOS
7. patnubayan mo ako – BDB 624, KB 675, *Hiphil* PAUTOS
8. Hugutin mo ako sa silo – BDB 422, KB 425, *Hiphil* DI-GANAP

Ang kanyang mga kahilingan sa panalangin ay batay
1. sa kanyang pagtatalaga sa sarili kay YHWH, v. 5
2. sa pagtubos ni YHWH sa kaniya, v. 5 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 19:14)
3. kay YHWH na kanyang kalakasan, v. 4
4. kay YHWH na Diyos ng katotohanan/katapatan, v. 5 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1)

**31:1 "kanlungan"** Ito ay isang pagkabanggit sa isang matibay na pinagtataguang lugar ng kaligtasan at seguridad. Tingnan ang tala sa Awit 2:12.

▣**"katuwiran"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5.

**31:2 "kanlungan"** Tingnan ang tala sa Awit 18:2. Mayroong dalawang iba't-ibang Hebreong mga salita na isinalin na "bato"; sa v. 2 – BDB 700; sa v. 3 – BDB 849. Kapwa tumutukoy sa isang lugar ng katatagan, pagkalinga, at kaligtasan (cf. Deuteronomio 32:4,15,18,30).

**31:3 "kuta"** Tingnan ang tala sa Awit 18:2.

▣ **"alangalang nga sa iyong pangalan"** Tingnan ang mga tala sa Awit 23:3 at 25:11. Ipinapakilala nito ang katangian ni YHWH. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel sa Awit 9:10b.

**31:3-4** Pansinin ang kalipunan ng MGA DI-GANAP na nagpapahayag ng nagpapatuloy, patuloy na mga pagkilos.
1. pangunahan – BDB 634, KB 685, *Hiphil* DI-GANAP
2. patnubayan – BDB 624, KB 675, *Piel* DI-GANAP

3. hugutin – BDB 422, KB 425, *Hiphil* DI-GANAP

**31:4 "silo"** Ito ay isang kasangkapan sa pangangaso (BDB 440). Ito ay dumating na ginamit na simbolo ng pananakit o pagdakip sa mga tao (cf. Awit 9:15; 10:9; 35:7-8; 57:6; 140:5).

**31:5 "Sa iyong kamay ay inihabilin ko ang aking espiritu"** Ito ay sinipi ni Hesus sa krus ilang saglit bago ang Kanyang kamatayan (cf. Lucas 23:46).

Ang PANDIWANG ito (BDB 823, KB 955, *Hiphil* DI-GANAP) ay may isang malawak na semantikong paggagamitan. Dito, ito ay nagpapakilala isang nagpapatuloy na pagtitiwala. Ang pagtitiwalang ito ay batay sa kung sino ang Diyos (i.e., "Diyos ng katotohanan," "matapat na Diyos"), hindi sa mga merito o kagalingan ng salmista.

▣**"kamay"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 7:3-4.

▣**"espiritu"** Ito ay ang Hebreong salitang *ruah* (BDB 924). Dito, ito ay ang di nakikitang buhay na puwersa na kaugnay sa paghinga ng buhay ni YHWH kay Adan sa Genesis 2:7. Kapag ito lumisan sa katawan, ang katawan ay mapupunta sa lugar na inilalagay ang mga patay (*Sheol*, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6). Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: HININGA, HANGIN, ESPIRITU (חור at *pneuma*)**

Ang Hebreong terminnong *ruach* (BDB 924) at ang Griyegong termino *pneuma* (cf. Juan 3:5,8) ay maaaring mangahulugang "espiritu," "hininga" or "hangin" (cf. Juan 3:5,8). Ang Espiritu ay kadalasang nauugnay sa paglalang (cf. Genesis 1:2; Job 26:13; Awit 104:29-30; 147:14-18). Ang OT ay hindi maliwanag na binigyang-kahulugan ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng Espiritu. Sa Job 28:26-28; Awit 104:24 at Kawikaan 3:19; 8:22-23, ginamit ng Diyos ang karunungan (isang PAMBABAENG PANGNGALAN) upang maglalang ng lahat ng mga bagay. Sa NT, si Hesus ay sinabing naging kinatawan ng Diyos sa paglilikha (cf. Juan 1:1-3; 1 taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:15-17; Hebreo 1:2-3). Gaya ng sa katubusan, gayundin, sa paglilikha, ang lahat ng tatlong persona ng pagka-Diyos ay kasangkot. Ang Genesis 1 ay hindi nagbibigay-diin sa anumang pangalawang sanhi.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 31:6-8**

**6 Aking kinasusuklaman silang nagmamasid ng walang-kabuluhang diyus-diyosan,**
**nguni't tumitiwala ako sa PANGINOON.**
**7 Ako'y matutuwa at magagalak sa iyong kagandahang-loob,**
**sapagka't iyong nakita ang aking kadalamhatian;**
**iyong nakilala ang aking kaluluwa sa mga kasakunaan,**
**8 At hindi mo kinulong sa kamay ng kaaway;**
**iyong inilagay ang aking mga paa sa maluwag na dako.**

**31:6-8** Ang istropang ito ay pinangungunahan ng MGA GANAP na nagpapakilala isang natapos o nananatiling kalagayan.

1. Aking pinagtataniman ang nangagmamasid ng mga walang kabuluhang karayaan – BDB 971, KB 1338, *Qal* GANAP NA. Ang katindihan ng kahilingan ng salmista para kay YHWH na humatol batay sa kanyang pangmundong pananaw (i.e., tinitingnan ang mundo bilang kinatawan ni YHWH). Kinamumuhian niya ang lumalabag o nagwawalang-bahala sa kasunduan ni YHWH. Ang LXX ay mayroong "Kinasusuklaman mo."
2. nagtitiwala siya kay YHWH – BDB 105, KB 120, *Qal* GANAP; ito ay isang paulit-ulit na

paksa, cf. Awit 4:5; 13:5; 25:2; 26:1; 28:7; 31:6,14; 52:8; 56:3,4,11; 91:2. Kung "pagkatakot kay YHWH ay ang pasimula ng kaalaman" (cf. Kawikaan 1:7), ngayon, ang pagtitiwala ay ang susi upang makilala Siya nang personal.

3. nakikita ni YHWH ang kanyang dalamhati – BDB 906, KB 1157, *Qal* GANAP NA (cf. Exodo 3:7-8)
4. nalalaman ni YHWH ang kanyang pagkabagabag – BDB 393, KB 390, *Qal* GANAP NA (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6)
5. hindi siya ipinagkaloob ni YHWH sa kamay ng kanyang kaaway – BDB 688, KB 742, *Hiphil* GANAP
6. itinakda ni YHWH ang kanyang paa sa isang malawak na lugar – BDB 763, KB 840, *Hiphil* GANAP, cf. Awit 18:19; 118:5; isang malawak na lugar ay ang kasalungat ng isang makitid na lugar/daanan, na isang wikain ng pagkabahala (cf. Awit 4:1; 18:19; 118:5)

**31:7** Ang talatang ito ay mayroong dalawang *Qal* MGA PANG-PANGKAT.

1. Ako ay matutuwa – BDB 162, KB 189
2. Ako ay magagalak – BDB 970, KB 1333

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kagandahang-loob"** |
| **NKJV, LXX** | **"kahabagan"** |
| **NRSV** | **"matapat na pag-ibig"** |
| **TEV** | **"hindi nagbabagong pag-ibig"** |
| **NJB** | **"matapat na pagmamahal"** |
| **JPSOA** | **"katapatan"** |
| **REB** | **"hindi magmamaliw na pag-ibig"** |

Ang lahat ng mga Ingles na saling ito ay sinusubukang ihayag ang diwa ng makapangyarihang kasunduang PANGNGALAN, *hesed*. Nagpapakilala ito ng di-mababaling pangako ni YHWH sa kasunduan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 31:9-13**

**9 Maawa ka sa akin, Oh Panginoon, sapagka't ako'y nasa kahirapan;**
**ang aking mata ay namumugto sa kapanglawan, oo, ang aking kaluluwa, at aking katawan.**
**10 Sapagka't ang aking buhay ay napupugnaw sa kapanglawan**
**at ang aking mga taon ay sa pagbubuntong hininga;**
**ang aking lakas ay nanglulupaypay dahil sa aking kasamaan,**
**at ang aking mga buto ay nangangatog.**
**11 Dahil sa lahat ng aking mga kaaway ay naging kaduwahagihan ako,**
**Oo, lubha nga sa aking mga kapuwa,**
**at takot sa aking mga kakilala;**
**silang nangakakita sa akin sa labas ay tinakasan ako.**
**12 Ako'y nilimot sa pagiisip na parang patay na tao;**
**Ako'y parang basag na sisidlan.**
**13 Sapagka't aking narinig ang paninirang puri ng marami,**
**kakilabutan sa bawa't dako;**
**Samantalang sila'y nagsasangguniang magkakasama laban sa akin,**
**kanilang pinagsisikapang alisin ang aking buhay.**

**31:9-13** Ang istropang ito ay gumagamit ng mga bahagi ng ang pantaong katawan upang ipahayag ang pagkabahala ng salmista (BDB 865 II).

1. mata (BDB 744), v. 9, cf. Awit 6:7; 38:10
2. kaluluwa (BDB 659), v. 10 (i.e., *nephesh*, tingnan ang tala sa Awit 3:2)

3. katawan (BDB 105), v. 10
4. katawan (lit. “mga buto,” BDB 782), v. 10

Ang istres (tulad ng kasalanan, cf. v. 10c; Awit 32, 51) ay nagdudulot ng pisikal na mga katibayan.

1. pighati
2. paghihinagpis
3. pagkabigo sa kalakasan
4. pagkabuloy ng mga buto (PANDIWA, BDB 799, KB 898, *Qal* GANAP, ay ginamit nang dalawang beses sa kontekstong ito, vv. 9 at 10 at tanging sa ibang pagkakataon sa OT, cf. Awit 6:7)

Mas maraming makabagong medisina ay inuunawa ang kaugnayan sa pagitan ng isipan at katawan. Sila ay may kaisahan (cf. v. 12).

**31:11** Ang paninirang-puri at pagkabahala, na mayroong maaaring pisikal na mga kahihinatnan, ay nagdadala din ng panlipunang mga kahihinatnan.

1. naging kaduwahagihan ako, lubha nga sa aking mga kapuwa,.
2. naging katatakutan sa aking mga kakilala.
3. tinatakasan ako ng mga tao.
4. Ako'y nilimot sa pagiisip (wala sa katinuan) na parang patay na tao.

**31:13** Ang talatang ito ay inilalarawan ang mga pagkilos ng kanyang mga kaaway.

1. sila ay naninirang-puri sa kaniya (i.e., kanilang bulaang mga salita ay susunod na linya, “kakilabutan sa bawat dako”)
2. sila ay nagsasangguniang magkakasama laban sa akin
3. kanilang pinagsisikapang (BDB 273, cf. Awit 37:12) alisin ang aking buhay (magkaagapay sa #2)

Sa liwanag ng mga pagkilos na ito, ang PAUTOS “maawa ka sa akin, O PANGINOON” ng talata 9 ay nauunawaan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 31:14-18**

**14 Nguni't tumiwala ako sa iyo, Oh PANGINOON,**
**aking sinabi: “Ikaw ay aking Diyos.”**
**15 Ang aking mga kapanahunan ay nasa iyong kamay**
**iligtas mo ako sa kamay ng aking mga kaaway, at sa mga nagsisiusig sa akin.**
**16 Iyong pasilangin ang iyong mukha sa iyong lingkod;**
**iligtas mo ako ng iyong kagandahang-loob.**
**17 Huwag nawa akong mapahiya, Oh Panginoon; sapagka't ako'y tumawag sa iyo;**
**mapahiya nawa ang masama, magsitahimik nawa sila sa Sheol.**
**18 Matahimik nawa ang mga sinungaling na labi,**
**na nangagsasalita laban sa matuwid ng kalasuwaan**
**ng kapalaluan at paghamak.**

**31:14-18** Ang istropang ito na mayroong maraming mariing kahilingan sa panalangin ay batay

1. sa pagtitiwala ng salmista kay YHWH (*Qal* GANAP NA, cf. v. 6), v. 14
2. kay YHWH na kanyang Diyos, v. 14
3. sa kanyang buhay na nasa kamay ni YHWH, v. 15

Ito ang mga kahilingan.

1. iligtas mo ako – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 7:2; 18:17; 22:20; 31:2; 39:8; 51:14; 59:1; 69:14; 109:21; 119:170; 120:2; 142:6; 143:9; 144:7,11; ito ay ang daing ng puso ng matapat na tagasunod, pagliligtas mula sa espirituwal, mental, at pisikal na mga aspeto ng buhay sa isang nalugmok na mundo

2. Iyong pasilangin ang iyong mukha – BDB 21, KB 24, *Hiphil* PAUTOS, cf. Bilang 6:25-26; Awit 4:6; 67:1; 80:3,7,19; 119:135
3. iligtas mo ako ng iyong kagandahang-loob – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS, maraming beses sa Awit
4. Huwag nawa akong mapahiya – BDB 101, KB 116, *Qal* PANG-PANGKAT
5. mapahiya nawa ang masama – BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
6. magsitahimik nawa sila sa Sheol – BDB 198, KB 226, *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan
7. Matahimik nawa ang mga sinungaling na labi – BDB 47, KB 57, *Niphal* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSANG kaunawaan

**31:15 "Ang aking mga kapanahunan ay nasa iyong kamay"** Ang mga matatapat na tagasunod ay naniniwala na ang panahon at kawalang-hanggan ay nasa paunang-kaalaman at kapangyarihan ng Diyos. Walang makakapagpagulat sa Kaniya (cf. Job 14:5,16; 28:24; 31:4; 34:21; Awit 139:1-16, lalo na ang v. 16).

**31:17** Pansinin ang pagkakaiba.

1. ang salmista nakikipag-usap sa Diyos

2-3. ang masasama ay tahimik (i.e., patay) o kung hindi sila ay magsasalitang may pagmamayabang at pag-aalipusta.

Malalaman mo ang mga taong sa pamamagitan ng kung ano ang kanilang sinasabi (cf. Mateo 12:35-37). Ang dila ay naghahayag ng puso!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 31:19-22**

**19 Oh pagkadakila ng iyong kabutihan,**
**na iyong iningatan para sa kanila na nangatatakot sa iyo,**
**na iyong ginawa sa kanila na nagsisipagkanlong sa iyo,**
**sa harap ng mga anak ng mga tao!**
**20 Sa lihim ng iyong harapan ay iyong ikukubli sila sa mga banta ng mga tao;**
**iyong iingatan silang lihim sa kulandong mula sa mga talas ng mga dila.**
**21 Purihin ang PANGINOON,**
**sapagka't ipinakilala niya sa akin ang kaniyang kagilagilalas na kagandahang-loob sa isang matibay na bayan.**
**22 Tungkol sa akin, sinabi ko sa aking pagmamadali,**
**"nahiwalay ako sa harap ng iyong mga mata";**
**gayon ma'y dininig mo ang tinig ng aking mga pamanhik**
**nang ako'y dumaing sa iyo.**

**31:19-22** Ang istropang ito ay inilalarawan ang "kabutihan" ni YHWH (BDB 375, cf. Awit 145:7). Maaaring ang istropang ito ay m auunawaan pagkatapos na tugunin ni YHWH ang panalangin ng mga kahilingan ng salmista na matatagpuan sa unahang bahagi ng salmo.

1. Ito ay tinipon para sa mga may takot kay YHWH.
2. Ito ay para sa kanila na nanganganlong kay YHWH.
3. Si YHWH ay itinago ang Kanyang mga tao
   a. sa isang lihim na lugar ng Kanyang presensya
   b. sa isang kublihan/pabilyon
4. ginawang kamangha-mangha ni YHWH ang Kanyang kagandahang-loob sa salmista.
5. narinig ni YHWH ang kaniyang mga daing.

**31:19 "sa harap ng mga anak ng mga tao"** Hindi lamang ipinagtatanggol at pinangangalagaan ni YHWH, ngunit Kaniya ring tinatanggap ang ating natatanging pakikipag-ugnayan sa Kaniya sa harapan ng ating mga kaaway (cf. Awit 23:5).

**31:20** Ang lihim na lugar ay ang panloob na (o likod) dambana ng templo/tabernakulo (cf. Awit 27:5). Ito ay isang natatanging lugar kung saan ang personal na presensya ni YHWH ay mahahayag (i.e., arko ng kasunduan).

**31:21 "sa isang matibay na bayan"** Bagaman hindi natin nalalaman ang pangkasaysayan kalalagayan ng Awit na ito, ang pariralang ito ay tila na naging matalinghaga. Inilalarawan nito ang isang tao na nakaramdang na napapalibutan ng mga taong masasama, makasalanan, sinungling.

Kahit na ang salmista ang nakakaramdam ng pag-iisa, siya ay naniniwala na pakikinggan siya ni YHWH hears at kikilos sa kanyang kapakanan.

Ang UBS Text Project (p. 213) ay nagbibigay ito sa pagbagang ito ng "A" na antas laban sa "sa pamamagitan ng pagkabahala," na matatagpuan sa NEB.

Ang JPSOA ay isinalin ang pariralang ito na ipinapakilala kung bakit si YHWH ay dapat na maging "pagpalain," 31:22a. Siya ay malakas at di-nagbabago (i.e., "isang na balwarte"). Ang Jewish Study Bible sa gilid ay inuugnay ito kay YHWH bilang "isang bato ng kalakasan," "isang malaking bato," "isang kanlungan" (i.e., bato), at "isang muog" sa 31:2-3 (p. 1316).

**31:22 "nahiwalay ako sa harap ng iyong mga mata"** Ang Jewish Study Bible (p. 1316) ay ipinapaliwanag ang pariralang ito na ang kahulugan "wala sa templo" (i.e., 2 Cronica 26:21, kung saan ang katulad na parirala ay ginamit ni Uzziah na walang kakayahan, bilang isang ketongin, sa pumunta sa templo). Ang *Niphal* anyo ng PANDIWANG ito (BDB 173, KB 202) ay matatagpuan lamang dito sa OT.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 31:23-24**

**23 Oh ibigin ninyo ang PANGINOON, ninyong lahat na mga banal niya!**
**pinalalagi ng Panginoon ang tapat**
**at pinanghihigantihang lubos ang manggagawang palalo.**
**24 Kayo'y mangagpakalakas, at mangagdalang tapang ang inyong puso,**
**kayong lahat na nagsisiasa sa PANGINOON.**

**31:23-24** Gaya ng madalas na pagiging totoo sa Awit, ang huling istropa ay
1. isang babala
2. isang pagpapaalala
3. isang pangkalahatang panalangin

Dito, ito ay #2. Ang unang MGA PANDIWA ng kapwa mga talata ay PANGMARAMIHAN MGA PAUTOS.
1. ibigin si YHWH – BDB 12, KB 17, *Qal* PAUTOS; kadalasang ang PANDIWANG ito ay tumutukoy sa pag-ibig ni YHWH o PANG-ISAHANG pag-ibig ng salmista
2. mangagpalakas – BDB 304, KB 302, *Qal* PAUTOS; ito ay sinusundan ng isang kasingkahulugan, BDB 54, KB 5, *Hiphil* PANGKAUTUSAN (Hebreong pagtutulad)

**31:23 "na mga banal niya"** Ito tumutukoy sa matapat na mga tagasunod (cf. Awit 30:4; 37:28; 50:5), hindi mga anghel (cf. Awit 29:1).

▣ Ang mga karanasan sa buhay (at karanasan sa kabilang-buhay) ng
1. ang matapat – BDB 52 I
2. ang gumagawa ng kayabangan – BDB 793 I, KB 889, *Qal* PANDIWARI KAYARIAN BDB 14

ay pinag-iba.

1. iningatan – BDB 665, KB 718, *Qal* PANDIWARI
2. pinagbayad – BDB 1022, KB 1521, *Piel* PANDIWARI

**31:24** Ano isang kahanga-hangang pagpapaalala para sa lahat ng matapat na mga tagasunod (cf. Awit 27:14; 37:34; 62:5; 130:5; Isaias 25:9)!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang salmista nasa ganitong kaguluhan?
2. Itala ang pisikal at panlipunang mga kahihinatnan ng kasalanan.
3. Ipaliwanag "kahihiya" sa isang OT konteksto.
4. Ang talata 21 ba ay literal o patalinghaga?
5. Bakit kaya maraming Awit na naisulat ng isang tao na nagtatapos sa isang pangkalahatang pamamaraan?

# AWIT 32

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ligaya ng Pagpapatawad at ng Pagtitiwala sa Diyos<br>Paninula sa MT<br>*Isang Awit* ni David. Isang Maskil | Ang Kaligayahan ng Pagpapatawad | Pasasalamat sa Kagalingan | Pagsisisi at Pagpapatawad | Matapas na Pag-amin ng Kasalanan |
| 32:1-2 | 32:1-2 | 32:1-2 | 32:1-2 | 32:1-2 |
| 32:3-7 | 32:3-5 | 32:3-4 | 32:3-4 | 32:3-4 |
| | | 32:5 | 32:5 | 32:5 |
| | 32:6-7 | 32:6-7 | 32:6-7 | 32:6-7 |
| 32:8-11 | 32:8-9 | 32:8-9 | 32:8-9 | 32:8 |
| | | | | 32:9 |
| | 32:10-11 | 32:10-11 | 32:10-11 | 32:10 |
| | | | | 32:11 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**MGA KAUNAWANG KONTEKSTUWAL**

A. Dahil sa panimula ng MT, maraming mga iskolar ang naniniwala tulad na ang Awit na ito, tulad ng Awit 51, ay inilalarawan ang kasalanan ni David (i.e., ang sekswal na pakikipagtagpo kay Bathsheba at ang pagpatay kay Uriah, cf. 2 Samuel 11), ang pagtatakip (cf. 2 Samuel 12), at pagpapatawad (i.e., bagaman ang mga kinahinatnan ng kanyang

kasalanan ay nagwasak sa kanyang pamilya). Sa taga-Roma 4:7-8 sinipi ni Pablo ang 32:1-2 (LXX) na tumutukoy ka David.

B. Ito ay tiyak na maaari, ngunit ito ay mayroong isang malawak na implikasyon at layunin (cf. MGA PANGMARAMIHAN ng v. 11). Ang kasalanan at kanyang mga kinahihinatnan ay karaniwan sa lahat ng mga tao (cf. taga-Roma 1:8-3:18), kahit na sa mga pangkasunduan bayan/tao (cf. taga-Roma 7; 1 Juan 1:5-10).

C. Ang pisikal na mga suliranin ng salmista ay ang mga mahabaging pagkilos ng Diyos na hindi ipapahintulot ang makasalanang kasunduang tao na manatili sa kanyang paghihimagsik (cf. Hebreo 12:7-13). Mayroong mga kahihinatnan ang kasalanan, salamat sa Diyos, ang Diyos ng kahabagan na humanap sa atin kahit na kanilang presensiya. Habang ang kasalanan ay sumasagana, ang biyaya ay lalong nananagana (cf. taga-Roma 5:20).

D. Ang isa ay makakapagsabi kung ano sa mga konsepto, mga pangyayari, at mga isyu na pangunahin sa isang kultura sa pamamagitan ng bilang ng mga salita ginamit upang ilarawan ang ito. Maliwanag na ang Israel ay may pananagutan sa kasunduang paghihimagsik (cf. 1 Hari 8), gayundin sa pagpapatawad nito. Mayroong maraming mga salita para sa kasalanan at paghihimagsik.

E. Awit 31 sa Awit 32 ay maaaring inilagay na magkasama ng isang patnugot o tagatala, dahil kapwa kanilang tinatalakay ang pisikal na bunga ng kasalanan (cf. Awit 31:9-10; 32:3-4).

F. Ang NASB Study Bible (p. 769) ay nagbibigay ng nakakawiling teoriya sa mga tagapagsalita.
   1. pag-uusap sa pagitan ni David at YHWH sa tabernakulo, vv. 1-2
   2. nagsasalita si David kay YHWH sa pakikinig sa mga nagkatipong mananamba, vv. 3-7
   3. isang saserdote ang nagpapahayag kay David para kay YHWH, vv. 8-10
   4. si David ay nagsasalita sa mga nagkatiping mananamba, v.11

G. Ang Awit na ito ay nagbibigay-diin sa
   1. pagkamakasalanan ng mga tao
   2. mahabanging katangian ng Diyos
   3. kung paanong ang makasalanang pantao ay naging katanggap-tanggap sa isang banal Diyos (i.e., pagpapahayag ng pananampalataya)

   Ang paggamit ni Pablo ng Awit 32:1-2 sa taga-Roma 4, kung saan kanyang tinalakay ang mga halimbawa sa OT ng "pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng biyaya sa pananam-palataya" (cf. taga-Roma 3:21-31; taga-Galacia 3; taga-Efeso 2:8-9), ay inihahayag ang konteksto bilang isang halimbawa sa OT ng paksang pinalago at inuna sa NT. Ito ay ang puso ng kung paano ang isa ay napatawad, bagamat ang mekanismo (kaparaanan) para sa pagpapatawad na iyon (i.e., ang ebanghelyo ng Kristo) ay hindi nabanggit. Maliwanag pa rin nitong inihahayag ang mahabangin, mapagbiyayang pakinabang ng pagpapatawad ni YHWH (i.e., "itinaas at tinanggal" at "tinakpan").

   Kung si YHWH ay mapapatawad si David, mapapatawad ka Niya! Tanggapin ito sa pamamagitan ng pagpapahayag ng pananampalataya at pagsisisi! Ngayon ay tumayong napatawad sa mga pangako!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 32:1-2**

**1 Mapalad siyang pinatawad ng pagsalangsang,**

**na tinakpan ang kasalanan!**
[2]**Mapalad ang tao na hindi paratangan ng kasamaan ng PANGINOON,**
**at walang pagdaraya ang espiritu niya!**

**32:1** Ang terminong "mapalad" (BDB 80, cf. Awit 1:1, ay ginamit ng 26 sa 45 beses sa Awit) ay paulit-ulit sa Karunungang Panitikan at inilalarawan ang matapat na mga tagasunod.

1. Job 5:17; Awit 94:12 – sinusupil ni *Shaddai*
2. Awit 1:1 – pag-aralan at lumakad sa salita ng Diyos
3. Awit 2:12 – manganlong kay YHWH
4. Awit 32:1-2 – kasalanan ay pinatawad
5. Awit 40:4; 84:12; Kawikaan 16:20 – matiwala kay YHWH
6. Awit 41:1-3; Kawikaan 14:21 – isaalang-alang ang mahirap
7. Awit 80:6 – kalakasan ay kay YHWH
8. Awit 89:12 – malaman ang kaligayahan at lumakad sa liwanag ng mukha ni YHWH
9. Awit 119:2 – hanapin Siya nang buong puso, siyasatin ang Kanyang patotoo
10. Awit 112:1; 128:1 – matakot kayYHWH, lumakad sa Kanyang mga daan
11. Awit 146:5 – si YHWH ay kanyang tulong
12. Kawikaan 3:13 – humuhanap ng karunungan
13. Kawikaan 8:32,34 – makinig kay YHWH, panatilihin ang kanyang mga paraan
14. Kawikaan 28:14 – may takot kay YHWH
15. Kawikaan 29:18 – iniingatan ang mga kautusan ni YHWH

Ang unang dalawang mga talata ng Awit na ito mula sa LXX ay sinipi ni Pablo sa taga-Roma 4:7-8 sa kanyang halimbawa ni David bilang isang mapalad na tao dahil ang kanyang kasalanan ay napatawad.

Pansinin ang iba't-ibang mga salitang ginamit upang ilarawan ang paghihimagsik laban kay YHWH (cf. v. 5).

1. pagsuway – BDB 833, KB 981; ito ay nagpapakilala sa isang may intensyon sa paglabag sa kung ano ang kalooban ng Diyos (i.e., kasunduan)
2. kasalanan – BDB 308, KB 306; ito ay nagpapakilala ng pagmintis (BDB 306) isang tinakdang tatamaan, muli, hindi sa kamangmangan ngunit kinusa
3. kalikuan – BDB 730, KB 799; maling gawain, nagkasala (#1,2,3 makikitang magkakasama sa Exodo 34:7; Levitico 16:21; Job 12:23; dito; Isaias 59:12; Ezekiel 21:24; Daniel 9:24)
4. kabulaanan – BDB 941, KB 636; ay nangangahulugang kataksilan, panlilinlang, pandaraya (cf. Awit 52:2; 101:7; 120:2-3)

Ang UBS *Handbook* ay binanggit na ang salmista ay may layuning gawing salit-salitan ang PANGLALAKI, PAMBABAE (dalawang beses) upang ipakita ang kabuuan (p. 303).

Ang (tingnan ang BALINTIYAK NA MGA PANDIWARI) pagpapatawad ni YHWH na inilarawan bilang katuwirang ipinagkaloob sa mga makasalanan ay batay sa kahabagan ng Diyos at kanilang pagsisisi (ito ay ang teolohikong konsepto ng pagbibilang [cf. BDB 362, KB 359, Genesis 15:6; taga-Roma 4:3; taga-Galacia 3:6]).

1. pinatawad (lit. "itinaas at kinuha palabas") – BDB 669, KB 724, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI, cf. Exodo 32:32; 34:7; Bilang 14:18,19; Mikas 7:18; katulad na salitang kabaliktaran sa Exodo 23:21; Josue 24:19; Job 7:21; Isaias 2:9
2. tinakpan (i.e., ilabas sa paningin, teolohikong konsepto sa Isaias 38:17; 43:25; Mikas 7:19) – BDB 491, KB 487, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI

Ang bunga ay isang taong walang kabulaanan/pagkukunwari (cf. Juan 1:47). Hindi ito nangangahulugang walang kasalanan, ngunit nagsisisi.

**32:2 "tao"** Ito ay ang Hebreong salitang *Adan* (BDB 9). Sa naunang mga bahagi ng Genesis (Genesis 1-3) ito ay tumutukoy kay Adan, ang orihinal na taong linikha, ngunit kuniha nito ang kaunawaan ng

sangkatauhan sa pangkalahatan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 32:3-7**

**3Nang ako'y tumahimik *tungkol sa aking kasalanan*, nanglumo ang aking katawan**
**dahil sa aking pagdaing buong araw.**
**4Sapagkat araw at gabi ay mabigat sa akin ang Iyong kamay;**
**ang tatag ng aking katawan ay naging katuyuan ng tag-init. Selah.**
**5Aking kinilala ang aking kasalanan sa Iyo,**
**At ang aking kasamaan ay hindi ko ikinubli;**
**aking sinabi, aking ipahahayag ang aking pagsalangsang sa PANGINOON;**
**at iyong ipinatawad ang kasamaan ng aking kasalanan. Selah.**
**6Dahil dito'y dalanginan ka nawa ng bawa't isa na banal sa panahong masusumpungan ka;**
**tunay na pag-apat ng mga malaking tubig ay nagsisiapaw ay hindi aabutan nila siya.**
**7Ikaw ay aking kublihang dako; iyong iingatan ako sa kabagabagan;**
**iyong kukulungin ako sa palibot ng mga awit ng kaligtasan. Selah.**

**32:3-7** Ang istropang ito ay pinag-iiba ang dalawang paraan na makitungo sa kasalanan.

1. tumahimik, itago ito
   a. ang mga muto ay mabubulok, cf. Awit 31:9-10
   b. naghihinagpis sa lahat ng panahon
   c. pagkabuhay (lit. "makatas," BDB 545, cf. Bilang 11:8; ginamit dito mga katas ng katawan) na natutuyo (NET Bible ay inimungkahi ang isang pag-aayos sa "aking pagkawasak," p. 888 #29)
2. tinatanggap, humihingi ng kapatawaran
   a. si YHWH ay nagpapatawad sa kasalanan (cf. Exodo 34:7; Bilang 14:18; Awit 85:2)
   b. ang kaunawaan ng kaligtasan ay nanumbalik
   c. si YHWH ay isa muling tagong lugar
   d. iningatan siya ni YHWH mula kaguluhan
   e. siya ay napapalibutan ng mga awit ng pagpapalaya

Mayroong isang paglalaro sa kamay ni YHWH; sa kahatulan, ito ay mabigat (v. 4; Awit 38:2; 39:10; Job 23:2) ngunit sa pagpapahayag na pananampalataya ito ang manganganlong sa kaniya (vv. 6-7).

**32:4,5,7 "Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**32:5 "aking ipahahayag"** Ang pagtutulad (paralelismo) ng mga linyang 1 at 2 ay hinihingi ang isang hindi karaniwang kahulugan ng PANDIWA (BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan). Kadalasan, ang PANDIWA sa *Hiphil* ay nangangahulugang "pasasalamat," ngunit sa mga kaunting konteksto, "pagpapahayag ng pananampalataya" ay ang tila kahulugan.

1. 1 Hari 8:33,35; 2 Cronica 6:24,26 nagpapakilala ito ng "pagkilala sa pangalan ni YHWH"
2. dito at sa Kawikaan 28:13 ang konteksto ay nagpapahiwatig "pagpapahayag ng kasalanan"

**32:6 "sa panahong masusumpungan Ka"** Ang pariralang ito na may kalabuan ay maaaring nauunawaan sa maraming paraan.

1. mayroong isang itinalaga/inilaang panahon para sa pagsisisi (LXX, Vulgate, NKJV)
2. manalangin sa panahon ng pangangailangan o pagkabahala (cf. 2 Cronica 15:4; pag-aayos cf. NRSV, TEV, NJB)
3. ang MT ay mayroong "sa isang panahon ng paghahanap" (cf. Awit 103:8-14; Isaias 55:6). JPSOA ay isinalin ito bilang "pagkatuklas ng [kanyang kasalanan]."

▣ **"sa pag-apaw ng mga malaking tubig"** Tubig, dumadausdos na tubig, ay kadalasang ginamit bilang isang wikain ng pagkabalisa/pagkabahala/pag-atake (cf. Awit 69:1; 124:5; 144:7 at pinakamaganda sa Isaias 43:2).

**32:7** Ito ay tumutukoy sa tabernakulo/templo. Ang mga awit ng pagpuri ay mga awiting pagsamba o liturhiya.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 32:8-11**

**8 Aking ipaaalam sa iyo at ituturo sa iyo ang daan na iyong lalakaran;**
**papayuhan kita na ang aking mga mata, ay nakatitig sa iyo.**
**9 Huwag nawa kayong maging gaya ng kabayo, o gaya ng mula na walang unawa,**
**na marapat igayak ng busal at ng paningkaw upang ipangpigil sa kanila,**
**na kung dili'y hindi sila magsisilapit sa iyo.**
**10 Maraming kapanglawan ay sasapit sa masama,**
**nguni't siyang tumitiwala sa PANGINOON, kagandahang-loob ang liligid sa kaniya sa palibot.**
**11 Kayo'y mangatuwa sa PANGINOON, at mangagalak kayo, kayong mga matuwid**
**at magsihiyaw kayo ng dahil sa kagalakan kayong lahat na matuwid sa puso.**

**32:8-11** Ang salmista ay nagsasalita sa kanyang sarili (at sa iba, v. 5) sa kapakanan ni YHWH. Ito ang banal na pagtugon, 8 (tatlong MGA PANG-PANGKAT)!

1. talata 5, Aking ipapahayag ang aking mga kalikuan – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP ginamit sa isang PANG-PANGKAT kaunawaan (tingnan ang mas buong tala sa v. 5)
2. talata 8, Aking ipapaalam sa iyo – BDB 968, KB 1328, *Hiphil* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANG-PANGKAT kaunawaan
   Aking ituturo sa iyo – BDB 434, KB 436, *Hiphil* DI-GANAP ay ginamit sa isang PANG-PANGKAT kaunawaan
   Papayuhan kita – BDB 419, KB 421, *Qal* PANG-PANGKAT, cf. Awit 16:7

**32:8 "sa daan"** Ito ay isang wikain para sa isang maka-Diyos na pamumuhay (cf. Awit 1:1; 25:8-9).

▣ **"ang aking mga mata, ay nakatitig sa iyo"** Ito ay isang wikain ng personal na pagkalinga at presensya (cf. 32:18; Awit 34:15 [sinipi sa 1 Pedro 3:12]; Job 36:7).

Para sa "mata" na ginamit ni YHWH, tingnan ang Natatanging Paksa: Paglalarawan si Diyos bilang Tao (antropomorpismo) sa Awit 2:4-6.

**32:9** Ang mga tao (PANGMARAMIHAN) na hindi magsisisi ay inilarawan sa mga terminong mapanghimagsik, pinaamong mga hayop (cf. Isaias 1:2-3). Ang nalugmok na sangkatauhan ay nabubuhay sa isang makahayop na antas na inilalarawan sa "mas higit pa para sa akin sa anumang halaga!"

▣ Muli isang pag-iiba.

1. ang masasama – maraming pighati
2. ang matapat na tagasunod (i.e., "siya na nagtitiwala kay YHWH"), kasunduang katapatan at pag-ibig ang nakapalibot sa kaniya (cf. 32:7b)

▣ **"kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7.

▣ **"ang liligid"** Ang PANDIWANG ito (BDB 685, KB 738, *Poel* DI-GANAP) ay ginamit din sa v. 7 sa mga awit ng pagpapalaya at dito sa kagandahang-loob ni YHWH (gayundin sa Deuteronomio 32:10; ang PANG-URI ay ginamit sa Awit 34:7; 125:2). Anong isang kahanga-hangang wikain ng presensya at pagkalinga ni YHWH!

**32:11** Isang kalipunan ng PANGMARAMIHAN MGA PAUTOS na nagtuturo sa matapat na tagasunod.

1. mangatuwa – BDB 970, KB 1333, *Qal* PAUTOS
2. mangagalak – BDB 162, KB 189, *Qal* PAUTOS
3. magsihiyaw para sa kaligayahan – BDB 943, KB 1247, *Hiphil* PAUTOS

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang pisikal na mga suliraning nauugnay sa di-inaaming kasalanan. Ano ang ibig-sabihin ng "pagpapahayag ng kasalanan"?
2. Paano maiuugnay ang Awit 32 at 51?
3. Ipaliwanag kung ano ang kahulugang ng talatang 6a. Mayroon bang panaho na maaaring mapalipas sa pagpapahayag ng kasalanan (i.e., bintana ng pagkakataon)?
4. Sino ang nagsasalita sa mga talatang 8-9?

# AWIT 33

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Papuri sa Manlilikha at Tagapanatili<br>Walang Panimula sa MT | Ang Pagkamataas ng PANGINOON sa Paglilikha at Kasaysayan | Imno sa Diyos bilang Manlilikha at PANGINOON ng Kasaysayan | Isang Awit ng Papuri | Imno sa Kalooban ng Diyos |
| 33:1-5 | 33:1-3 | 33:1-3 | 33:1-3 | 33:1-3 |
| | 33:4-5 | 33:4-5 | 33:4-5 | 33:4-5 |
| 33:6-12 | 33:6-7 | 33:6-7 | 33:6-7 | 33:6-7 |
| | 33:8-9 | 33:8-9 | 33:8-9 | 33:8-9 |
| | 33:10-12 | 33:10-12 | 33:10-12 | 33:10-12 |
| 33:13-17 | 33:13-15 | 33:13-17 | 33:13-15 | 33:13-15 |
| | 33:16-17 | | 33:16-17 | 33:16-17 |
| 3:18-22 | 33:18-19 | 33:18-19 | 33:18-19 | 33:18-19 |
| | 33:20-22 | 33:20-22 | 33:20-22 | 33:20-22 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang NASB Study Bible (p. 770) ay nagmumungkahi na ang Awit na ito ay bahagi ng isang liturhiya.
   1. Levitang mang-aawit
      a. pinuno, vv. 1-3

b. mang-aawit, vv. 4-19
2. tugon ng mga nagkakatipong sumasamba, vv. 22-23

B. Ito ay walang titulo sa MT (tulad ng Awit 1, 2, 10), ngunit ang "bagong awit," sa talata 3, ay nagpapahiwatig ng ilang pangunahing pangkasaysayang pangyayari. Dahil sa vv. 16-17, maaaring ito ay tumutukoy sa isang panghukbong tagumpay.

C. Ako ay napukaw ng pangkalahatang saklaw ng mga layunin ni YHWH na kinabibilangan ng lahat ng mga tao (i.e., tingnan ang paggamit ng "lahat" sa 33:8,13-15). Pansinin ang nakakagulat na pagpapatibay ng v. 5b! Tingnan ang buong tala ng mga teksto na nagpapakita ng pagkakasama ng mga Hentil mula pa sa pasimula gaya ng hantungang layunin sa kasunduan ni YHWH, na nasa aking mga tala sa 33:10-12.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 33:1-5**

**1 Mangagalak kayo sa PANGINOON, Oh kayong mga matuwid;**
**pagpuri ay maganda sa ganang matuwid.**
**2 Kayo'y mangagpasalamat sa PANGINOON na may alpa;**
**magsiawit kayo ng mga pagpuri sa kaniya na may salterio na sampung kuerdas.**
**3 Magsiawit kayo sa kaniya ng bagong awit;**
**magsitugtog kayong matalino na may malaking ingay.**
**4 Sapagka't ang salita ng PANGINOON ay matuwid,**
**at lahat niyang gawa ay ginawa sa pagtatapat.**
**5 Iniibig niya ang katuwiran at kahatulan;**
**ang lupa ay puno ng kagandahang-loob ng PANGINOON.**

**33:1-5** Ang unang tatlong mga talata ay nagtatakda ng kalagayan ng Awit sa pagpuri sa Diyos (i.e., limang magkakaagapay na MGA PAUTOS).

1. magalak sa Panginoon – BDB 943, KB 1247, *Piel* PAUTOS (ang PANDIWA na ito ay katulad ng pagtatapos ng Awit 32)
2. magpuri – BDB 392, KB 389, *Hiphil* PAUTOS
3. magsiawit ng mga pagpuri sa kaniya – BDB 274, KB 273, *Piel* PAUTOS
4. magsiawit kayo sa kaniya – BDB 1010, KB 1479, *Qal* PAUTOS
5. magsitugtog nang matalino (BDB 618, KB 668, *Piel* PAWATAS NA BALANGKAS) na may malaking ingay – BDB 405, KB 408, *Hiphil* PAUTOS

Mga talata 4 at 5 ay nagbibigay ng mga dahilan para sa pagpuri.

1. ang salita ni YHWH (BDB 182) ay matuwid (BDB 449)
2. ang lahat ng Kaniyang mga gawa ay ginawa ng may katapatan (BDB 53, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1)
3. iniibig Niya ang katuwiran (BDB 842, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5) at katuwiran (BDB 1048, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5-6)
4. ang lupa ay puno ng kagandahang-loob ni YHWH (BDB 338, cf. Awit 119:64; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7)

Ang susi sa kapayapaan at katiwasayan ay ang matapat na pananampalataya at pagtitiwala ng taga-sunod sa di-nagbabago, mahabagin, mapagbiyayang katangian ng Diyos na nagpapatibay ng kasunduan (cf. Awit 102:27; Malakias 3:6; Hebreo 13:8)! Ang pangunahing katangian ng Bibliya ay Diyos! Ito ay Kaniyang salaysay! Ito ay Kaniyang panukala at layunin!

**33:2** Dalawang instrumentong may kwerdas ang nabanggait.

1. kudyapi (BDB 490) – ito ay may dalawa hanggang apat na kwerdas. Ito ay ginamit ng nakakarami sa ANE. Ito ay ang pintugtog ni David para kay Haring Saul upang pahinahunin siya (cf. 1 Samuel16:16).
2. alpa na may sampung kwerdas (BDB 614 BALANGKAS BDB 797). Ito ay bahagi ng isang pangkat ng mga instrumento na ginamit sa kapwa sekular at mga pagsambang kalalagayan (cf. 1 Samuel10:5).

▣ **"bagong awit"** Ang mga tao ng ANE ay sumulat ng mga awit upang gunitain ang mga pangunahing mga pangyayari at mga persona (cf. Exodo 15; 1 Samuel 22). Dito, ang persona ay si YHWH, ang Manlilikha (cf. Awit 40:3; 96:1; 98:1; 144:9; 149:1; Isaias 42:10; Pahayag 5:9; 14:3).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 33:6-12**

**6 Sa pamamagitan ng salita ng PANGINOON ay nayari ang mga langit,**
**at lahat ng natatanaw roon ay sa pamamagitan ng hinga ng kaniyang bibig.**
**7 Kaniyang pinipisan ang tubig ng dagat na parang isang bunton;**
**inilalagay niya ang mga kalaliman sa mga kalawakan.**
**8 Matakot nawa ang buong lupa sa PANGINOON;**
**magsitayo nawang may takot ang lahat ng taga sanglibutan sa kaniya.**
**9 Sapagka't siya'y nagsalita, at nangyari;**
**siya'y nagutos, at tumayong matatag.**
**10 Dinadala ng PANGINOON sa wala ang payo ng mga bansa;**
**kaniyang niwawalang halaga ang mga pagiisip ng mga bayan.**
**11 Ang payo ng Panginoon ay nanganayong matibay magpakailan man,**
**ang mga pagiisip ng kaniyang puso sa lahat ng sali't saling lahi.**
**12 Mapalad ang bansa na ang Diyos ay ang PANGINOON,**
**ang bayan na kaniyang pinili sa ganang kaniyang sariling mana.**

**33:6-12** Ang istropang ito ay may dalawang pangunahing mga katotohanan.

1. si YHWH ay manlilikha, vv. 6-9 (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7)
2. si YHWH ay may isang layunin para sa mga bansa, vv. 10-12 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2 Panimula)

**33:6 "salita ng PANGINOON"** Ito ay tiyakang nagpapakilala ng Genesis 1-2 (cf. Awit 104). Ako'y umaasa na magbibigay ka ng panahon upang basahin ang aking komentaryo sa pag-intindi ng teksto sa Genesis 1-2 na matatagpuan sa www.freebiblecommentary.org.

Sa Hebreong kaisipan, ang paglalang ay mula sa kawalan (*ex nihilo*) sa pamamagitan ng isinawikang salita (*fiat*, cf. Awit 33:9; Genesis 1; Awit 148:5; 2 taga-Corinto 4:6; Hebreo 11:3). Ang salita ng Diyos ay isang wikain para sa kaisipan o kalooban ng Diyos. Ang mga makabagong mananampalataya ay nakikibaka sa maraming mga isyu na kaugnay sa Genesis 1-2. Isang bagong aklat ni John Walton, *The Lost World of Genesis One*, ay naging isang pagpapala sa akin yamang ako rin ay may pakikibaka sa mga isyu na ito.

▣ **"mga langit"** Ito ay tumutukoy sa himpapawid na nasa ibabaw ng lupa. Ang mga sinauna ay nakita ito bilang isang matigas na kabilugan ng nakaunat na balat na may mga bintana para sa ulan. Tandaang ang Bibliya ay hindi "kontra sa agham" ngunit "nauna sa agham." Inilalarawan nito ang mga bagay kasama ang limang pandama ng tao, sa kanilang pagkakahayag (i.e., phenomenal na wika). Mag-ingat sa makabagong literalismo na kanluran. Ang Bibliya ay isang sinaunang aklat ng silangan! Ang Bibliya ay kailangang maging salita ng Diyos muna sa kapanahunan nito bago ito maging salita ng Diyos sa ating kapanahunan.

Kung ang isyu ng wastong mga tuntunin para sa pagpapaliwanag ng Bibliya ay nakakahikayat sa iyo, tingnan ang aking Bible Interpretation Seminar (video, audio, naisulat na teksto) sa www.freebiblecommentary.org.

▣ **"lahat ng matatanaw roon"** Ito ay tumutukoy sa natapos na paglalang ng planetang ito (cf. Genesis 2:1). Ang mga sinauna ay nakita ang mga liwanag sa kalangitan (araw, buwan, mga bituin, mga planeta, mga kometa) habang kumikilos sa kabila ng isang kabilugan. Sila ay hindi mga diyos ngunit bahagi lamang ng magandang pisikal na paglalang ni YHWH. Sa aking palagay, ang Genesis 1 ay gumaganap sa teolohiya upang pababain ang mga diyos ng Babilonya, tulad ng mga salot ng Exodo 7-11 na gumaganap upang pababain ang mga diyos ng Ehipto.

**33:7** Ang paksa ng "mga tubig" ay may maraming mga aspeto.

1. Ang Genesis ay hindi tiyakang binanggit na ang Diyos ang naglalang ng tubig.
2. Sa mitolohiya ng ANE, ang tubig alat at tubig tabang ay mga diyos. Sila ay dinaig ni YHWH!
3. Ang tubig ay naging kaparaanan ng paghuhukom ni YHWH at nagsimulang muli kay Noah (cf. Genesis 6-9).
4. Ang tubig ay napakahalaga para sa mga tao ng ANE. Sila ay nagpaunlad ng pagpapayabong na pagsamba bilang isang paraan na matitiyak ang palagiang mga panahon ng kalikasan (i.e., tag-ulan sa kaniyang kapanahunan).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, REB** | **"na parang isang bunton"** |
| **NASB margin** | **"sa isang lalagyan ng tubig"** |
| **NRSV** | **"gaya ng isang bote"** |
| **NJB** | **"tulad ng isang dam"** |
| **LXX** | **"tulad ng lalagyan ng alak"** |
| **JPSOA** | **"tulad ng isang tambak"** |

Ang MT ay may "tambak" (BDB 622, נד, cf. Exodo 15:8; Joshue 3:13,16; Awit 78:13). Ito ay tila tumukoy sa Genesis 1:9. Ang UBS Text Project ay binibigyan ito ng isang "B" na antas (i.e., ilang pagduruda).

Ang margin ng NASB, NRSV, LXX ay kinukuha ito mula sa isang naiibang ugat, BDB 609 (cf. Joshue 9:4,13; Mga Hukom 4:19; Awit 56:8; 119:83).

Mayroong isang Akkadiano at Ugaritikong ugat, כנד, na nangangahulugan na "tapayan" o "botelya."

**33:8** Ang talatang ito ay nagsisimula sa dalawang MGA PANDIWA na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (i.e., "tayo na. . .).

1. hayaang ang lahat ng lupa matakot/magbitagan kay YHWH (BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 67:7)
2. hayaang ang lahat ng mga naninirahan sa mundo (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2) ay tumayo sa pagkakamangha (BDB 158, KB 185, *Qal* DI-GANAP) sa Kaniya

Pansinin ang pagkakaagapay. Si YHWH, hindi ang kalikasan, ang dapat katakutan. Ang kaaway ng biblikal na pananampalataya ngayon sa kaluraning mga lipunan ay "naturalismo," isang walang-kinatawan, walang-layuning sandaigdigan.

**33:9** Tingnan ang tala sa talatang 6.

**33:10-12** Ang teolohikong mga pagpapahayag na kaugnay sa pisikal na paglalang, ngayon ay nakatuon

sa layunin ng paglalang na yaon, na pakikipag-ugnayan kasama ang Manlilikha (cf. Genesis 1:26,27; 3:8).

Ang "mga bansa" (i.e., mga Hentil) ay hindi isang ikalawang kaisipan ngunit layunin ni YHWH mula sa pasimula (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5; Awit 22:27; 66:1-4; 86:8-10; Isaias 2:2-4; 12:4-5; 25:6-9; 42:6-12; 45:22-23; 49:5-6; 51:4-5; 56:6-8; 60:1-3; 66:23; Mikas 4:14; Malakias 1:11; Juan 3:16; 4:42; Mga Gawa 10:34-35; 1 Timoteo 2:4; Tito 2:11; 2 Pedro 3:9; 1 Juan 2:1; 4:14). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pang-Ebandyelikong Pagkiling ni Bob at Panimula sa Awit 2.

**33:10 "ang payo"** Ang "payo (BDB 420, i.e., layunin) ng PANGINOON ay nananatili magpakailanman" (cf. Job 23:13; Kawikaan 19:21). Amen!

**33:12** Ang Diyos ba ay pinili ang ilan sa kaligtasan o lahat? Ito ay ang mahirap ng katanungan ng pagkamakapangyarihan ng Diyos laban sa malayang pagpili ng tao. Tingnan ang Natatanging Paksa: Eleksyon/Predestinasyon at ang Pangangailangan para sa isang Teolohikong Pagtitimbang sa Awit 25:12.

Ang pag-ibig, panukala, at mga layunin ni YHWH ay isinasama, ngunit mas malaki kaysa, sa mga salin-lahi ni Abraham! Ninanais Niya na ang lahat ay makakilala sa Kaniya (tingnan ang mga tala ng mga teksto ng Banal na Kasulatan sa itaas)!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 33:13-17**

**13 Ang PANGINOON ay tumitingin mula sa langit;**
**kaniyang minamasdan ang lahat na anak ng mga tao;**
**14 Mula sa dakong kaniyang tahanan ay tumitingin siya**
**sa lahat na nangananahan sa lupa,**
**15 Siyang naghuhugis ng mga puso nilang lahat,**
**na nagmamasid sa lahat nilang mga gawa.**
**16 Walang hari na nakaliligtas sa pamamagitan ng karamihan ng hukbo;**
**ang makapangyarihang tao ay hindi naliligtas sa pamamagitan ng malaking kalakasan.**
**17 Ang kabayo ay walang kabuluhang bagay sa pagliligtas;**
**ni hindi niya iniligtas ang sinoman sa pamamagitan ng kaniyang malaking kalakasan.**

**33:13-17** Ang istropang ito ay tumutuon sa pagiging malapit ni YHWH (cf. Awit 14:2; 102:19). Nalalaman Niya kung ano ang nangyayari sa lupa sa indibidwal na mga buhay (cf. Exodo 3:7-9; Mateo 6:25-34; 10:30; Lucas 21:18; Mga Gawa 27:34; ang katulad na paglalarawan ay matatagpuan sa maraming mga teksto sa OT, i.e., 1 Samuel14:45; 2 Samuel 14:11; 1 Mga Hari 1:52). Ang mga matatapat na mga buhay ng mga tagasunod ay hindi kontrolado ng kapalaran, pagkakataon, tadhana, ngunit pinapatnugot ng pananampalataya, sa pamamagitan ng Diyos! Mabuhay nang may katatagan para sa Kaniya!

Pansinin na maraming bases na makikita ang "lahat ng" (BDB 481) sa Awit na ito, 33:8a,b, 13b, 14b, 15a,b. Si YHWH ang naglalang at pinapansin ang lahat ng Kaniyang mga taong nilalang! Ang buhay ay isang kaloob na may isang layunin. Ang lahat ng mga tao ay magbibigay ng pagsusulit sa Diyos para sa kanilang pagiging katiwala ng mga kaloob na yaon!

**33:15** Inihugis ni YHWH (BDB 427, KB 428, *Qal* PANDIWARI, cf. Genesis 2:7,8,19) lahat ng mga tao at nalalaman niya ang kanilang mga buhay (cf. Awit 139). Siya ay isang wastong hukom sapagkat nalalaman Niya ang ating kalooban, mga layunin, mga gawa, at mga kahihinatnan (tingnan ang buong mga tala ng mga teksto sa paksang ito sa Awit 28:4).

**33:16-17** Ang mga pantaong pangyayari, kasaysayan, ay hindi pabaka-sakali ngunit may layunin. Kahit

na si YHWH ay ginagamit ang kasamaan para sa Kaniyang mga layunin. Hindi basta nangyayari ang mga bagay! Ngayon, upang maging patas, ito ay isang nalugmok na mundo at ang lahat ng nagaganap ay hindi ang kalooban ni YHWH. Pinahihintulutan Niya ang ating mga pagpili na mamunga (i.e., mabuti o masama). Ang lupa ay naapektuhan ng kasalanan ng sangkatauhan (cf. Genesis 3; Isaias 53:6; taga-Roma 8:18-23). Ang hiwaga ay

1. ang pagkamakapangyarihan ni YHWH
2. ang mga pagpili ng tao
3. pisikal na pagkilos ay nagsasama

Ang mga mata ng pananampalataya ay nagsisiyasat para sa Diyos sa lahat ng mga pangyayari (cf. vv. 18-22). Ang mga masama ay nagsisiyasat para sa kapangyarihan, mga kayamanan, mga kasamaan, mga sakuna at mga pagkakataon para sa sarili! Ang mga tao ay hindi dapat umaasa sa panghukbong kapangyarihan (cf. Awit 2).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 33:18-22**

**18 Narito, ang mata ng PANGINOON ay nasa kanila na nangatatakot sa kaniya,**
**sa kanila na nagsisiasa sa kaniyang kagandahang-loob,**
**19 Upang iligtas ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan**
**at upang ingatan silang buhay sa kagutom.**
**20 Hinintay ng aming kaluluwa ang PANGINOON;**
**siya'y aming saklolo at aming kalasag.**
**21 Sapagka't ang aming puso ay magagalak sa kaniya,**
**sapagka't kami ay nagsitiwala sa kaniyang banal na pangalan.**
**22 Sumaamin nawa ang iyong kagandahang-loob, Oh PANGINOON,**
**ayon sa aming pagasa sa iyo.**

**33:18-22** Pansinin kung paaanong ang matapat na tagasunod ay ipinakilala.

1. sa kanilang nangatakot kay YHWH, v. 18
2. sa kanilang nagsisiasa para sa Kaniyang kagandahang-loob, v. 18
3. sa kanilang hinihintay si YHWH, v. 20
4. sa kanilang tumitingin sa Kaniya bilang kanilang saklolo at kalasag, v. 20
5. sa kanilang nagagalak sa Kaniya, v. 21
6. sa kanilang nagsitiwala sa Kaniyang banal na pangalan, v. 21
7. sa kanilang nagsisiasa (sa literal 'naghihintay') sa Kaniya, v. 22

si YHWH ay

1. ipapanatili ang Kaniyang mata sa kanila, vv. 13-15
2. ililigtas sila (BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAWATAS NA BALANGKAS)
3. ipinanatili sila (BDB 310, KB 309, *Piel* PAWATAS NA BALANGKAS)
4. tinutulungan (BDB 740) at kinakalinga (BDB 171) sila

Pansinin kung papaanong ang pangwakas ng marami sa mga Awit, ang PANGMARAMIHAN ay ginamit upang palawakin ang panalangin/pagpuri mula sa isa patungo sa lahat ng matapat na mga tagasunod.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang MGA PAUTOS sa mga talata 1-3 na nauugnay sa pang-musikong pagsamba. Bakit ang musika o awit ay isang mahalagang aspeto ng pagsamba?
2. Paano maipapakilala ng mga talata 6-9 ang Genesis 1?
3. Ipaliwanag ang talata 11 sa iyong sariling salita.
4. Paano maipapakilala ng talata 15 ang Genesis 1:26-28?
5. Si YHWH ba ay may isang "mata"?

# AWIT 34

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang PANGINOON Isang Tagatustos at Tagatubos | Ang Kaligayahan ng Sinuman na Magtitiwala sa Diyos | Pasasalamat para sa Pagpapalaya mula sa Kaguluhan (Isang Akrostik) | Pagpupuri sa Kabutihan ng ng Diyos | Pagpupuri sa Katarungan ng Diyos (Isang Akrostik) |
| Panimula sa MT | | | | |
| *Isang Awit* ni David habang siya ay nagkukunwaring nababaliw sa harapan ni Abimelich na nagpalayas sa Kaniya at lumisan | | | | |
| 34:1-3 | 34:1-3 | 34:1-3 | 34:1-3 | 34:1 (*Aleph*) |
| | | | | 34:2 (*Bet*) |
| | | | | 34:3 (*Gimel*) |
| 34:4-7 | 34:4-7 | 34:4-10 | 34:4-7 | 34:4 (*Dalet*) |
| | | | | 34:5 (*He*) |
| | | | | 34:6 (*Zain*) |
| | | | | 34:7 (*Het*) |
| 34:8-14 | 34:8-10 | | 34:8-10 | 34:8 (*Tet*) |
| | | | | 34:9 (*Yod*) |
| | | | | 34:10 (*Kaph*) |
| | 34:11-14 | 34:11-14 | 34:11-14 | 34:11 (*Lamed*) |
| | | | | 34:12 (*Mem*) |
| | | | | 34:13 (*Nun*) |
| | | | | 34:14 (*Samek*) |
| 34:15-18 | 34:15-16 | 34:15-18 | 34:15-18 | 34:15 (*Ain*) |
| | | | | 34:16 (*Pe*) |
| | 34:17-18 | | | 34:17 (*Zade*) |
| | | | | 34:18 (*Qoph*) |
| 34:19-22 | 34:19-22 | 34:19-22 | 34:19-21 | 34:19 (*Resh*) |
| | | | | 34:20 (*Shin*) |
| | | | | 34:21-22 (*Taw*) |
| | | | 34:22 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ito ay isang akrostik na awit. Bawat talata (maliban sa v. 5, ay may dalawang Hebreong mga titik) ay nagsisimula sa isang sunod-sunod na titik ng Hebreong alpabeto, 22 mga titik. Ito ay nakakawili na kung ang isang akrostik na tula ay lumagpas ng 22 mga titik ang susunod na titik ay palaging *Pe*.

B. Mayroong maraming mga halimbawa ng akrostik na anyo.
   1. Awit 9-10 (ngunit hindi husto, limang mga katinig ang nawawala at dalawang baligtad)
   2. Awit 25 (isang katinig na nawawala)
   3. Awit 34 (isang talata ay may dalawang mga katinig)
   4. Awit 37 (bawat dalawang mga talata ay nagsisimula sa sunod-sunod na mga titik)
   5. Awit 111 (dalawang mga katinig para sa bawat talata)
   6. Awit 112 (dalawang mga katinig para sa bawat talata)
   7. Awit 119 (walong mga talata para sa bawat sunod-sunod na katinig)
   8. Awit 145 (hindi husto)

C. Pansinin na si YHWH (i.e., PANGINOON) ay makikita sa halos bawat talata. Ang Awit ay patungkol kay YHWH. Makikilala Siya ng sangkatauhan sa pamamagitan ng
   1. Kaniyang mga gawa (cf. Nehemiah 9)
   2. Kaniyang mga pangako (esp. Genesis 12; Levitico 26; Deuteronomio 27-30)
   3. Kaniyang kasunduan (Genesis – Deuteronomio)
   4. Kaniyang Anak (Juan 1:1-14; taga-Colosas 1:13-16; Hebreo 1:2-3)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 34:1-3**

**1 Aking pupurihin ang PANGINOON sa buong panahon;**
**ang pagpuri sa kaniya ay laging sasa aking bibig.**
**2 Ang aking kaluluwa ay maghahambog sa PANGINOON;**
**maririnig ng maamo at masasayahan.**
**3 Oh dakilain ninyo na kasama ko ang PANGINOON,**
**at tayo'y mangagbunyi na magkakasama ng kaniyang pangalan.**

**34:1-3** Ito ay isang istropa ng patotoo. Ito ay nagsisimula sa isang PANG-ISAHAN PANGPANGKAT at

nagtatapos sa isang PANGMARAMIHAN. YHWH ay lubhang dakila at kahanga-hanga sa katangian at mga gawa na hindi mapapapurihan!

1. Aking pupurihin si YHWH – BDB 943, KB 1247, *Piel* PANGPANGKAT, PANG-ISAHAN
2. Ating itaas ang Kaniyang pangalan – BDB 926, KB 1202, *Polel* PANGPANGKAT, PANGMARAMIHAN

Pansinin kung paanong ang pagpuri ay pinapakilala.

1. Sa lahat ng panahon – ito ay isang mahalagang paalala na si YHWH ay dapat papurihan sa mabuti o mahirap na mga panahon; Siya ay hindi nagbabago. Kaniyang kahabagan ay palagiang nandiriyan! Tanging ang ating mga pananaw ang nagbabago. Ang Pananampalata ay kailangang magpatuloy na panindigan ang Kaniyang presensiya at pagpuri, cf. 1 taga-Thesalonica 5:16-18.
2. Nagpapatuloy (BDB 556, cf. Awit 35:27; 40:16; 70:4; 71:6) sa aking bibig – ang pagpuri ay hindi kailangang nakabatay sa personal na mga pangyayari ngunit dapat na maging isang karaniwang gawain ng mga tumatanggap ng biyaya.
3. A pagpuri ay kailangang magmula sa lahat ng mga tao (i.e., magpagpakumbaba, sa literal "nagdadalamhati," "kaawa-awa," o "mahina," BDB 776). Ang lahat ng mga tao ay maraming dapat papurihan sa Diyos!
4. Magkakasama – pagpuri ay kapwa pansarili at pangmaramihan (i.e., magkakasama, BDB 403), gaya ng kung anong dapat sa pagsamba. Ating dinadala ang ating pansariling mga pangangailangan sa Kaniya gayundin naman ang ating "mga nagkakatipong pangangailangan." Ang pagkakaisa at pagsasama-sama ng mga matapat na tagasunod ay nagpapakita ng pagpuri sa Diyos at patotoo sa kapwa!

**34:2 "maghahambog"** Ang Hebreong PANDIWA (BDB 237 II, KB 248, *Hithpael* DI-GANAP), sa *Hithpael* ay nangangahulugang "paghahambog," "pagtataas," o "dapat papurihan" (cf. 1 Mga Hari 20:11; 1 Cronica 16:10; Awit 64:11; 105:3; 106:5; Kawikaan 20:14; 25:14; 27:1; Isaias 41:16; 45:25; Jeremias 9:23).

Para sa teolohikong konsepto ng "pagmamayabang" tingnan ang Natatanging Paksa: Pagmamayabang sa Awit 20:7.

**34:3 "Oh dakilain ang PANGINOON"** Ang PANDIWA na ito (BDB 152, KB 178, *Piel* PAUTOS) ay isang utos upang ipahayag sa Diyos ang pasasalamat ng ating puso kasama ang ating pagpuri. Noong una, tayo ay sumusuko sa mga panghihina ng buhay o ang mga suliranin ng kasalukuyang mga pangyayari, tayo ay dapat paalahanan kung

1. sino ang Diyos
2. ano ang Kaniyang maaaring gawin
3. ano ang Kaniyang ginagawa

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 34:4-7**

**4 Aking hinanap ang PANGINOON, at sinagot niya ako,**
**at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga katakutan.**
**5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan,**
**at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man.**
**6 Itong abang tao'y dumaing, at dininig siya ng PANGINOON**
**At iniligtas siya sa lahat niyang mga kabagabagan.**
**7 Ang anghel ng PANGINOON ay humahantong sa buong palibot ng nangatatakot sa kaniya,**
**at ipinagsasanggalang sila.**

**34:4-7** Ang istropang ito ay linilinang ang mga kaisipan ng una. Pansinin kung paano ito kumilos mula sa PANG-ISAHAN (i.e., Aking hinanap si YHWH) patungo sa PANGMARAMIHAN (i.e., sila'y

nagsitingin sa Kaniya), sadyang tulad ng unang istropa.

1. Para sa salmista, si YHWH
    a. ay sinagot siya – BDB 772, KB 851, *Qal* GANAP
    b. ay iniligtas siya mula sa lahat ng kanyang mga pagkatakot – BDB 664, KB 717, *Hiphil* GANAP
2. Para sa pangkat
    a. narinig ni YHWH, v. 6
    b. iniligtas ni YHWH ang nagdadalamhati
    c. pinalibutan ng anghel ni YHWH sa kanilang nangatakot sa Kaniya (cf. Zacarias 9:8; YHWH mismo sa Awit 125:2)
    d. iniligtas sila ni YHWH
3. Ang LXX, Siryano, Vulgato na mga salin ay may "tumitingin" at "maging makinang" bilang MGA PAUTOS. Ang MT ay may MGA GANAP sa 34:5.

Ang matatapat na mga tagasunod ay hindi kailanman mag-iisa o maihihiwalay. Ang kanilang matapat na Diyos ay palaging nandiyan at handa!

**34:7 "Ang anghel ng PANGINOON"** Ang mga anghel ay mga lingkod ng tinubos (cf. Bilang 20:16; Awit 91:11; Isaias 63:9; Daniel 3:28; 6:22; Mateo 18:10; Mga Gawa 12:11; Hebreo 1:14). Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: ANG ANGHEL NG PANGINOON**

Ito ay maliwanag na ang pagka-Diyos inihahayag ang Kanyang sarili sa pisikal na pantaong anyo sa OT. Ang katanungan para sa mga Trinitarian ay kung sinong persona ng Trinidad ang tumutupad ng tungkuling ito. Yamang ang Diyos Ama (YHWH) at ang Kaniyang Espiritu ay palagiang di-panglaman, ito ay tila maaari na imungkahi na ang mga pantaong pagpapahayag na ito ay ang Mesias bago ang pagkakatawang-tao.

Upang maipakita ang mga suliranin kinahaharap ng isa sa pagsubok na makilala ang isang *theophany* mula sa isang maka-anghel na pagtatagpo, ang sumusunod na talaan ay nakapaglalarawan.

1. ang anghel ng Panginoon bilang isang anghel
    a. Genesis 24:7,40
    b. Exodo 23:20-23; 32:34
    c. Bilang 22:22
    d. Mga Hukom 5:23
    e. 2 Samuel 24:16
    f. 1 Cronica 21:15-30
    g. Zacarias 1:12-13
2. ang anghel ng Panginoon bilang *theophany*
    a. Genesis 16:7-13; 18:1-19:1; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
    b. Exodo 3:2,4; 14:19 (13:21)
    c. Mga Hukom 2:15; 6:22-24; 13:3-23
    d. Osea 12:3-4
    e. Zacarias 3:1-5

▣ **"ng nangatatakot sa kaniya"** Ito ay isang *Qal* TAHAS NA PANDIWARI (BDB 431, KB 432) na naglalarawan ng matapat na mga tagasunod (cf. Awit 15:4; 25:12,14; 31:19; 61:5; 66:16; 103:11; 118:4; Deuteronomio 28:58; Nehemiah 1:11).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 34:8-14**

**8 Oh inyong tikman at tingnan ninyo na ang PANGINOON ay mabuti;**
**mapalad ang tao na nanganganlong sa kaniya!**
**9 Oh mangatakot kayo sa PANGINOON, kayong mga banal niya;**
**sapagka't walang kakulangan sa kanila na nangatatakot sa kaniya.**
**10 Ang mga batang leon ay kinakapos at nagtitiis ng gutom;**
**Nguni't silang nagsisihanap sa PANGINOON**
**ay hindi kukulangin ng anomang mabuting bagay.**
**11 Magsiparito kayo, kayong mga anak, dinggin ninyo ako;**
**aking tuturuan kayo ng pagkatakot sa PANGINOON.**
**12 Sinong tao ang nagnanasa ng buhay**
**at umiibig sa maraming kaarawan upang makakita siya ng mabuti?**
**13 Ingatan mo ang iyong dila mula sa masama**
**At ang iyong mga labi sa pagsasalita ng karayaan.**
**14 Lumayo ka sa kasamaan, at gumawa ka ng mabuti;**
**hanapin mo ang kapayapaan at habulin mo.**

**34:8-14** Dahil si YHWH ay "mabuti" (BDB 373 II), ang Kaniyang matapat na mga tagasunod (i.e., mga banal, BDB 872) ay pinapaalahanan na

1. tikman – BDB 380, KB 377, *Qal* PAUTOS, cf. Hebreo 6:5
2. tingnan – BDB 406, KB 1157, *Qal* PAUTOS (sinipi ni Pedro sa 1 Pedro 2:3 mula sa LXX)
3. manganlong – BDB 340, KB 337, *Qal* PAUTOS
4. matakot – BDB 431, KB 432, *Qal* PAUTOS

5,6. pumarito (BDB 229, KB 246, *Qal* PAUTOS ), dinggin (BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS ) ang salmista sa pagtuturo ng pagkatakot kay YHWH, v. 11

Ang mga bunga ng kanilang mga pagkilos ay

1. walang kakulangan, v. 9b; Awit 23:1
2. sila ay hindi kukulangin ng anomang mabuting bagay, v. 10b; Awit 84:11
3. mahabang buhay, v. 12

Dito ay ang mga pagtuturo ng salmista para sa isang mahaba, masayang buhay.

1. ingatan ang iyong dila mula sa masama at labi mula sa pagsasalita ng kasinungalingan – BDB 665, KB 718, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 12:3-4; 15:2-3; 73:8-9; Santiago 3:5-12
2. lumayo sa kasamaan – BDB 693, KB 747, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 37:27; Isaias 1:16
3. gumawa nang mabuti – BDB 793, KB 889, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 37:27; Isaias 1:17
4. hangarin ang kapayapaan – BDB 134, KB 152, *Piel* PAUTOS, cf. Marcos 9:50; taga-Roma 14:19; 1 taga-Corinto 7:15; 2 taga-Corinto 13:11; 1 taga-Thesalonica 5:13; Hebreo 12:14; Santiago 3:17-18
5. hanapin ang kapayapaan – BDB 922, KB 1191, *Qal* PAUTOS, cf. tulad ng sa #4

Pansinin ang pagtitimbang sa pagitan ng kung ano ang ginagawa ni YHWH para sa matapat na tagasunod at kung ano ang kanilang gagawin para sa kanilang mga sarili. Mayroong mga pagpili at mga kahihinatnan, kapwa positibo at negatibo (ang susunod na istropa ay isang bahaging talaan)!

Sinipi ni Pedro ang mga Awit na ito sa 1 Pedro 3.

1. 1 Pedro 3:10 – Awit 34:12,13
2. 1 Pedro 3:11 – Awit 34:14
3. 1 Pedro 3:12 – Awit 34:15-16

Nakita niya na ito ay aakma sa kanyang pagbibigay-diin sa isang nagkakaisang pagsasama-sama (i.e., "kayong lahat ay mangagkaisang akala, madamayin, mangagibigang tulad sa magkakapatid, mga mahahabagin, mga mapagkumbabang pagiisip: Na huwag ninyong gantihin ng masama ang masama, o ng alipusta ang pagalipusta; kundi ng pagpapala," 1 Pedro 3:8-9).

**34:8 "ang PANGINOON ay mabuti"** "ang mabuti" (BDB 373 II) ay isang susing salita sa istropang ito (cf. 1 taga-Thesalonica 5:15).

1. si YHWH ay mabuti (PANG-URI), v. 8, cf. Awit 25:8; 86:5; 100:5; 106:1; 107:1; 118:1,29; 145:9; 1 Cronica 16:34; Ezra 3:11; Jeremias 33:11; Nahum 1:7
2. sa kanilang naghahanap sa Kaniya ay hindi na maghahangad ng anumang mabuting bagay (BDB 481 BALANGKAS BDB 375), v. 10, cf. Awit 84:11
3. ang pagkatakot kay YHWH ay nagdudulot ng isang mahaba, mabuting (BDB 373) buhay, v. 12
4. lumayo mula sa masama at gumawa ng mabuti (BDB 373), v. 14
5. pansinin ang paggamit ng "mabuti" sa taga-Roma 8:28

**34:9**
**NASB, NKJV "mga banal"**
**NRSV, NJB "ang mga banal"**
**TEV "mga tao"**
**JPSOA "ang mga binananal"**
**REB "banal mga tao"**

Ang PANG-URI (BDB 872) ay maaaring mangahulugang

1. ang Mesias, Awit 16:3 (bilang ang hantungang binhi ni David)
2. ang mga anghel o makalangit na payo, Job 5:1; 15:15; Awit 89:5-6,7; Daniel 8:13; Zacarias 14:5
3. matapat na mga tagasunod
   a. mga saserdote – Bilang 16:5,7; Awit 106:16 (Aaron)
   b. mga Levita – 2 Cronica 35:3
   c. mga propeta – 2 Mga Hari 4:9
   d. mga Nazareo – Bilang 6:5,8
   e. Israel – Exodo 19:6; Levitico 11:44,45; 19:7; 20:7,26; 21:6; Bilang 15:40; Deuteronomio 7:6; 14:2,21; 26:19; 28:9

Dito, ito ay tumutukoy sa matapat na mga tagasunod.

**34:10**
**NASB, NKJV,**
**NRSV, NJB "mga leon"**
**LXX, Peshitta "bato"**
**REB "mga prinsipe"**
**NEB "mga di-mananampalataya" (mula sa isang Arabeng salitang ugat)**

Ang MT ay may "mga leon." Ang katanungan ay "kanino tumutuloy ang larawang ito?" Ito ay tila pinakamainam na ipag-iba ito sa "ang mapagpakumbaba," "ang nagdadalamhati," o "ang kaawa-awa" (BDB 776) ng mga talata 2 at 6.

**34:11 "mga anak"** Ito sa literal ay "mga anak na lalaki" (BDB 119). Sa Karunungang Panitikan, ang guro ay tinatawag na "ama" at ang mga mag-aaral ay "mga anak na lalaki" (i.e., Kawikaan 1:8; 4:1,10,20; 6:1,20; 24:13,21).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 34:15-18**
**15 Ang mga mata ng PANGINOON ay nakatitig sa mga matuwid**
**at ang kaniyang mga pakinig ay nakabukas sa kanilang daing.**
**16 Ang mukha ng PANGINOON ay laban sa kanila na nagsisigawa ng kasamaan,**

**upang ihiwalay ang alaala sa kanila sa lupa.**
**[17]Ang matuwid ay nagsidaing, at dininig ng PANGINOON**
**at iniligtas sila sa lahat nilang mga kabagabagan.**
**[18]Ang PANGINOON ay malapit sa kanila na may bagbag na puso**
**at inililigtas ang mga may pagsisising diwa.**

**34:15-18** Ang istropang ito ay nagpapakita ng mga bunga ng maka-Diyos o walang-Diyos na pamumuhay.

1. maka-Diyos
   a. ang mga mata ni YHWH (presensiya at pagkalinga) ay tungo sa matuwid, v. 15a
   b. ang mga tainga ni YHWH ay dinidinig ang kanilang pag-iyak, vv. 15b,17
   c. pinapalaya sila ni YHWH mula sa lahat ng kanilang pagkabagabag, v. 17b
   d. si YHWH ay malapit sa nawasak ang puso, v. 18a
   e. inililigtas ni YHWH sila na nadurog sa espiritu, v. 18b; Isaias 57:15
2. walang-Diyos
   a. ang mukha ni YHWH ay laban sa mga gumagawa ng kasamaan, v. 16a
   b. kanilang ala-ala ay puputulin (BDB 503, KB 500, *Hiphil* PAWATAS NA BALANGKAS), v. 16b; ang larawang ito ay tumutukoy sa kamatayan

Mayroong maraming mga antropomorpismo sa istropang ito na ginagamitang ng katawan ng tao upang ilarawan si YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:4-6).

1. mga mata
2. tainga
3. mukha

**34:18 "Ang PANGINOON ay malapit"** Ano isang kahanga-hangang pangako (cf. Deuteronomio 4:7; Awit 119:51; 145:18). Ito ay nakakagulat na ang isang banal na Diyos ay nagnanais na makisama sa makasalanang mga tao. Siya ang naghahanap sa atin at naghahangad sa atin. Tayo ay nilalang sa pamamagitan Niya para sa pagsasama-sama sa Kaniya (cf. Genesis 1:26,27; 3:8). Gaano pa man kasama ang mga bagay (i.e., "ang nawasak ang puso," cf. Awit 147:3; Isaias 61:1 at "sa kanilang ay nadurog sa espiritu," cf. Awit 51:17; Isaias 57:15), ang Panginoon ay malapit sa matapat na mga tagasunod!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 34:19-22**
**[19]Marami ang kadalamhatian ng matuwid,**
**nguni't inililigtas ng PANGINOON sa lahat.**
**[20]Kaniyang iniingatan ang lahat niyang mga buto,**
**wala isa man sa mga yaon na nababali.**
**[21]Papatayin ng kasamaan ang masama,**
**at silang nangagagalit sa matuwid na tao ay kikilanling may sala.**
**[22]Tinutubos ng PANGINOON ang kaluluwa ng kaniyang mga lingkod,**
**at wala sa nagsisipagkanlong sa kaniya ay kikilanling may sala.**

**34:19-22** Ang istropang ito ay nagpapatuloy sa pagbibigay-diin ng naunan, ngunit nagbibigay-diin sa magkakaibang kahihinatnan sa pagitan ng maka-Diyos at walang-Diyos. Ang huling dalawang mga istropa ay pagkakaagapay sa ikalawang antas.

1. ang mga pagkilos ni YHWH sa Kaniyang matapat na mga tagasunod
   a. Kaniya silang pinapalaya mula sa lahat ng kanilang maraming mga paghihirap, v. 19
   b. Pinananatili Niyang walang bali ang lahat ng kanilang mga buto (i.e., paglalarawan para sa kalusugan), v. 20
   c. Kaniyang tinutubos (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 19:14) ang Kaniyang mga

lingkod, v. 22a
   d. wala sa kanilang nanganganlong sa Kaniya ang mapaparusahan, v. 22b
2. Ang mga pagkilos ni YHWH tungo sa mga di-matapat
   a. Kaniyang papatayin ang mga masasama, v. 21a (cf. v. 16)
   b. sa kanilang nasusuklam sa matuwid ay mapaparusahan, v. 21b

**34:19** Mayroong dalawang punto ang nagawa tungkol sa talatang ito.

1. Ang matuwid ay nagdusa/nagdurusa/magdurusa sa nalugmok na mundong ito (cf. Awit 37:39; 50:15; Daniel 12:1; Mateo 5:10- 12; Juan 15:18-21; 16:1-3; 17:14; Mga Gawa 14:22; taga-Roma 5:3-4; 8:17,18-23; 2 taga-Corinto 4:16-18; 6:3-10; 11:23-30; taga-Filipos 1:29; 1 taga-Thesalonica 3:3; 2 Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4; 1 Pedro 4:12-16).
2. Ang Diyos ay kasama nila sa mga paghihirap na ito. Minsan Siya pumipili nang mahialang pagpapalaya ngunit kadalasan ay hindi Niya ginagawa (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 30:2). Ang Kaniyang presensiya ay ating pinaka kailangang at pangako. Nalalaman Niya ang kung ano ang pinagdadaanan natin (cf. Exodo 3:7).

**34:20** Ang pagbali sa mga buto ng isang tao ay isang wikain para sa kahatulan ng Diyos (cf. Awit 51:8; Isaias 38:13; Panaghoy 3:4). Samakatuwid, ang walang nabaling buto ay isang wikain sa walang kinakailangang kahatulan (i.e., isang matuwid na tao).

Ang talatang ito ay sinipi sa Ebanghelyo ni Juan (cf. Juan 19:36, kasama ng Zacarias 12:10 sa Juan 19:37) bilang isang propetikong hula. Sa aking palagay, ito ay mas mabuting mauunawaan bilang isang tipolohikong kaunawaan. Ang Awit 34:20 ay hindi isang prediksyon tungkol sa kamatayan ng Mesias ngunit tungkol sa isang pangako ng kalusugan at kabutihan ng isang matapat na tagasunod.

Dito ay ang suliranin, ang hermenyutikong teoriya ay nagpapahayag na ang orihinal na layunin ng kinasihang may-akda ay ang lugar na dapat simulan sa pagkaunawa ng isang teksto, sa isang pampanitikan at pangkasaysayang konteksto. Ito ay tiyakang totoo. Ngunit kailangan nating pahintulutan ang mga kinasihang may-akda ang karapatan sa paggamit ng tipolohiya. Hindi natin makokopya ang kanilang pamamaraan sapagkat tayo ay hindi kinasihan, hindi katulad nila. Kaya, sa ganitong mga kalagayan ang paggamit sa NT ay kailangang wasto, ngunit kadalasan ay nagiging pagkagulat sa may-akda ng OT.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang "ang anghel ng PANGINOON"? Saan pang lugar siya nababanggit sa Awit?
2. Paano at bakit ang talata 8 sinipi ng dalawang beses sa NT (Hebreo 6:5; 1 Pedro 2:3)?
3. Bakit tinatawag ng may-akda ang kaniyang tagapagkinig na "mga anak"?
4. Itala ang mga bahagi ng katawan ng tao na ginamit upang ilarawan si YHWH sa mga talata 15-17.

5. Ano ang ibig-sabihin ng Hebreong wikaing “iniingatan ng kaniyang mga buto”?
6. Ano ay ang mga kahihinatnan ng talata 19 sa isang nalugmok na mundo?
7. Ano ang ibig-sabihin ng salitang “kaluluwa” sa OT?

# AWIT 35

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Pagsagip mula sa mga Kaaway | Ang PANGINOON ang Taga-paghiganting ng Kaniyang Bayan | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa mga Personal na mga Kaaway (Isang Panaghoy) | Isang Panalangin para sa Paghingi ng Tulong | Panalangin ng Mabuti sa Pag-uusig |
| Panimula sa MT<br>"Isang *Awit* ni David." | | | | |
| 35:1-8 | 35:1-3 | 35:1-3 | 35:1-3 | 35:1-3 |
| | 35:4-8 | 35:4-6 | 35:4-6 | 35:4 |
| | | | | 35:5-6 |
| | | 35:7-8 | 35:7-8 | 35:7-8 |
| 35:9-16 | 35:9-10 | 35:9-10 | 35:9-10 | 35:9-10 |
| | 35:11-14 | 35:11-12 | 35:11-14 | 35:11-12 |
| | | 35:13-14 | | 35:13-14 |
| | 35:15-16 | 35:15-16 | 35:15-16 | 35:15-16 |
| 35:17-21 | 35:17-18 | 35:17-18 | 35:17-18 | 35:17-18 |
| | 35:19-21 | 35:19-21 | 35:19 | 35:19 |
| | | | 35:20-25 | 35:20-21 |
| 35:22-26 | 35:22-25 | 35:22-25 | | 35:22-24 |
| | | | | 35:25-26 |
| | 35:26 | 35:26 | 35:26 | |
| 35:27-28 | 35:27-28 | 35:27-28 | 35:27-28 | 35:27 |
| | | | | 35:28 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay pinangingibabawan ng
   1. mga kahilingan sa panalangin (8 MGA PAUTOS) para sa paghingi ng tulong kay YHWH laban sa mga kaaway
   2. MGA PANGKAUTUSAN (23) ay nilalarawan ang inaasam na mangyayari ng salmista sa kanila na
      a. kaniyang mga kaaway
      b. kaniyang mga tagapagtaguyod

B. Sa marami sa Awit, napakahirap makilala kung sino ang mga kaaway. Sa Awit na ito (i.e., 35:12-14), ito ay maliwanag na sila ay mga malalapit na pangkasunduang pagkakilala. Ginawa nito ang sakit ng pagtataksil na mas masidhi! Gayunman, mga talata 1-8 ay tila nagpapahiwatig ng isang panghukbong katunggali.

C. Ang Awit 34 at Awit 35 ay ang tanging Awit kung saan "ang anghel of YHWH" ay nabanggit. Ito ay ang maaaring dahilan kung bakit sila inilagay na magkasunod sa bawat-isa. Ang Awit ay pinili, pinatnugot, at tinipon ng di-kilalang mga tao sa isang di-kilalang proseso. Sa pamamagitan ng pananampalataya, tayo ay naniniwala na sila ay pinangunahan ng Espiritu.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 35:1-8**

**1 Awayin mo, Oh PANGINOON, silang nagsisiaway sa akin;**
**lumaban ka sa kanila na nagsisilaban sa akin.**
**2 Humawak ka ng kalasag at ng longki**
**at tumayo ka na pinaka tulong sa akin.**
**3 Kumuha ka rin naman ng sibat,**
**at tumigil ka sa daan laban sa kanila na nagsisihabol sa akin;**
**sabihin mo sa aking kaluluwa, "Ako'y iyong kaligtasan."**
**4 Mangahiya nawa sila, at madala sa kasiraang puri ang nagsisiusig sa aking kaluluwa;**
**mangapabalik sila, at mangalito silang nagsisikatha ng aking kapahamakan.**
**5 Maging gaya nawa sila ng ipa sa unahan ng hangin,**
**at itaboy sila ng anghel ng PANGINOON.**
**6 Maging madilim nawa, at madulas ang kanilang daan,**
**at habulin sila ng anghel ng PANGINOON.**
**7 Sapagka't walang kadahilanan ay ipinagkubli nila ako ng kanilang silo sa hukay;**
**walang kadahilanan ay nagsihukay sila para sa aking kaluluwa.**
**8 Dumating nawa sa kaniya ng walang anoano ang pagkapahamak,**
**at hulihin nawa siya ng kaniyang silo na kaniyang ikinubli;**
**mahulog nawa siya sa ikapapahamak niya.**

**35:1-8** Ang istropang ito ay magsimula sa maraming mga kahilingan sa panalangin (MGA PAUTOS) sa mga talata 1-3.

1. awayin – BDB 936, KB 1224, *Qal* PAUTOS, ang PANGNGALAN ay makikita sa ikalawang parirala (BDB 937)
2. lumaban – BDB 535, KB 526, *Qal* PAUTOS, ang *Qal* PANDIWARI ay makikita sa ang ikalawang parirala
3. humawak – BDB 304, KB 302, *Hiphil* PAUTOS (sa literal "lupigin")
4. tumayo – BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS
5. kumuha – BDB 937, KB 1227, *Hiphil* PAUTOS, cf. Exodo 15:9
6. Ang MT ay may "magsara nang lubusan" – BDB 688, KB 742, *Qal* PAUTOS (NKJV, LXX, NIV) ngunit ang katulad na mga katinig ay maaaring mangahulugang "pandigmang palakol" (Herodotus, NASB, NRSV, NJB, JPSOA). Ang UBS Text Project ay binibigyan ang PAUTOS na isang "A" na antas. Ang Hebreong mga katinig ay maaaring isinaling "pandigmang palakol," "sihang," "sibat"; ito ay matatagpuan lamang dito sa OT. Ang isa ay nagtataka kung sino ang tinutukoy ng salmista na kaniyang mga kaaway.
   1. mga panghukbong mandirigma, vv. 1-3, 4-6
   2. mga legal na kaaaway, v. 11
   3. mga malalapit na kaibigan, vv. 12-14
7. sabihin – BDB 55, KB 65, *Qal* PAUTOS. Pansinin kung gaano kapersonal ang mga pariralang ito. Nais ng salmista na paninidigan na si YHWH na panindigan na Siya ay kaniyang tanging tagapagpalaya, cf. Awit 62:2; 89:26. Kung magkakaroon ng kaligtasan/ pagpapalaya, ito ay magmumula sa pangkasunduang Diyos, si YHWH!

▣ Sa simula ng Awit 35:4-8, ang salmista ay hinihiling kay YHWH na
1. mangahiya nawa sila – BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 4; Awit 40:14; 70:2; 83:17
2. madala nawa sila – BDB 483, KB 480, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 4
3. mangabalik nawa sila – BDB 690, KB 744, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 4
4. mangalito nawa sila – BDB 344, KB 340, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 4
5. maging gaya nawa sila ng ipa sa unahan ng hangin – BDB 224, KB 243, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 5; Job 21:18; Awit 1:4
6. maging madilim nawa at madulas ang kanilang daan – BDB 224, KB 243, *Qal* PANGKAUTUSAN, v. 6
7. dumating nawa sa kaniya ng walang anu-ano – BDB 97, KB 112, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 8
8. hulihin nawa siya ng kaniyang silo na kaniyang ikinubli – BDB 539, KB 530, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 8 (isang biblikal na pagbaliktad ng tungkulin; cf. Awit 9:15; 31:4; 140:5; 142:3)
9. mahulog nawa siya sa ikapapahamak niya sa pamamagitan ng kaniyang sariling masasamang plano – BDB 656, KB 709, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 8

▣ Ang mga kaaway na ito ay nagpapakilala bilang
1. nagsisiusig sa aking buhay – BDB 134, KB 153, *Piel* PANDIWARI, v. 4
2. nagsisikatha ng aking kapahamakan – BDB 362, KB 359, *Qal* PANDIWARI, v. 4
3. walang kadahilanan ay ipinagkubli nila ako ng kanilang silo sa hukay – BDB 380, KB 377, *Qal* GANAP, v. 7
4. walang kadahilanan ay nagsihukay sila para sa aking kaluluwa – BDB 343, KB 340, *Qal* GANAP, v. 7 (pansinin na ito ay inulit para sa pagbibigay-diin)

**35:2 "kalasag at ng longki"** Ang mga ito (BDB 857, KB 1037 at BDB 171, KB 545) ay mga uri ng panangga. Ang BDB ay kinikilala ang "kalasag" (BDB 857) bilang isang malaki, buong katawang kalasag ngunit hindi binibigay ang laki ng isa pa. Ipinagpapalagay na kapwa ay dinadala sa digmaan sa pamamagitan ng mga sundalo (at/o kanilang tagapagdala ng sandata). Samakatuwid, ang isa ay para sa mga sibat at mga palaso (buong katawan) at ang isa ay para sa labanang kamao sa kamao (mas maliit, BDB171; NIDOTTE, tomo 2, p. 846).

**35:3 "nagsisihabol sa akin"** Ang terminong ito (BDB 922, KB 1191, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI) ay kadalasan na ginamit sa Awit sa mapusok na mga kaaway (cf. Awit 7:1,5; 31:15; 71:11; 109:16; 119:84,86). Ito ay maaaring

1. isang panghukbong pagtutugis
2. isang pangangasong pagtugi
3. isang talinghaga ng mapusok na tunggalian

**35:5-6 "ang anghel ng PANGINOON"** Ang mga anghel ay mga kinatawan ng pagtatanggol sa Awit 34:7, ngunit dito, mga kinatawan ng kahatulan. Ang ilan ay nagsasabi na ang Bibliya, na isang sinauna, pre-scientific na aklat, ay mapamahiin tungkol sa di-nakikita, di-maipaliwanag. Ito ay tiyak na katotohanan na mayroong hiwaga dito, ngunit kung ang isang paninindigan sa Bibliya na isang natatanging kapahayagan ng isang tunay na Diyos, ngayon siya ay kailangang tanggapin ang pananaw nito sa mundo, na kinabibilangan ng pagkakaugnay sa pagitan ng ang nakikita at di-nakikitang mundo. Sa kung papaano, kailan, saan, sino ang tiyak na kaugnayan nito ay walang katiyakan.

Ito ay kadalasang may kahirapang malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng ang pampanitikan gamit (ginamit para sa epekto) at literal na gamit (i.e., pamamagitan o gawaing pang-anghel). Mayroong dalawang mga pangkat dito—bawat bagay ay may isang pang-anghel na sangkap laban sa walang pang-anghel na sangkap. Tayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya at biblikal na kapahayagan. Ang magkakaibang personalidad ay lumilipat sa isang panig o sa kabila.

Ang buhay ay kadalasang "madilim" at "madulas" (cf. Awit 73:18), ngunit para sa kanilang nagtitiwala kay YHWH, Siya ay lumalakad sa (mga) parang ng kadiliman kasama nila (cf. Awit 23:4; 107:14). Ang buhay ay kadalasang inilalarawan sa paglalarawang wika ng isang paglalakad o isang paglalakbay. Ang isang tuwid, pantay, makinis na daan ay paglalarawan ng isang mabuting buhay, habang ang madilim, madulas na balakid sa daan o isang lubak na daan ay paglalarawan ng isang suliranin.

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Anghel ng Panginoon sa Awit 34:7.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 35:9-16**

**9At ang aking kaluluwa ay magagalak sa PANGINOON;**
**magagalak na mainam sa kaniyang pagliligtas.**
**10Lahat ng aking mga buto ay magsasabi, PANGINOON, sino ang gaya mo,**
**na iniliригtas ang dukha doon sa totoong malakas kay sa kaniya,**
**Oo, ang dukha at ang mapagkailangan sa sumasamsam sa kaniya?"**
**11Mga saksing masasama ay nagsisitayo;**
**sila'y nangagtatanong sa akin ng mga bagay na di ko nalalaman.**
**12Iginaganti nila sa akin ay kasamaan sa mabuti,**
**sa pagpapaulila ng aking kaluluwa.**
**13Nguni't tungkol sa akin, nang sila'y may sakit, ang aking suot ay magaspang na kayo;**
**aking pinagdalamhati ang aking kaluluwa ng pagaayuno,**
**at ang aking dalangin ay nagbabalik sa aking sariling sinapupunan.**

> **[14]Ako'y nagasal na tila aking kaibigan o aking kapatid;**
> **ako'y yumuyukong tumatangis na tila iniiyakan ang kaniyang ina.**
> **[15]Nguni't pagka ako'y natisod sila'y nangagagalak, at nagpipisan;**
> **ang mga uslak ay nagpipisan laban sa akin,**
> **at hindi ko nalaman.**
> **[16]Gaya ng mga nanunuyang suwail sa mga kapistahan,**
> **kanilang pinagngangalit sa akin ang kanilang mga ngipin.**

**35:9-16** Ang istropang ay panindigan ang pagpapalaya ni YHWH.

1. aking kaluluwa ay magagalak sa Panginoon – BDB 162, KB 189, *Qal* DI-GANAP
2. ito ay magiging kagalakan sa Kaniyang kaligtasan – BDB 965, KB 1314, *Qal* DI-GANAP
3. lahat ng kaniyang mga buto (i.e., kaniyang kaluluwa, cf. Awit 51:8) ay magsasabing – BDB 55, KB 65, *Qal* DI-GANAP (i.e., ang mga terminong "kaluluwa," *nephesh* [BDB 659], at "mga buto" ay mga wikain para sa buong pagkatao, cf. Awit 6:2)
   a. sino ang katulad Mo, cf. Exodo 15:11; Awit 86:8, Mikas 7:18; tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7
   b. na magpapalaya sa nagdadalamhati

Sa puntong ito, (35:11) ang salmista ay nagsimulang ilarawan ang kaniyang mga kaaway.

1. mga saksing masasama – BDB 729 BALANGKAS BDB 329, v. 11
2. na nangagtatanong sa kaniya ng mga bagay na di niya nalalaman, v. 11 (ang kalalagayan ay isang tagpo sa hukuman at ang mga bulaang saksi ay nagtatanong tungkol sa mga bagay na hindi ginagawa ng salmista)
3. iginaganti nila sa akin ay kasamaan sa mabuti, v. 12, cf. Awit 38:20; 109:5 (pagpaliktad, cf. vv. 13-14)
4. na nangagagalak sa aking pagkatisod, v. 15
5. na nagpipisang magkakasama laban sa akin, v. 15
6. na pinagngangalit ang kanilang mga ngipin sa akin, v. 15, cf. Awit 37:12; 112:10; Job 16:9; Panaghoy 2:16; Mateo 8:12; 25:30; Lucas 13:28

Sa Awit 35:14 at 15, ang salmista naglalarawan ng kung ano ang kaniyang ginawa para sa kanilang nang-aapi sa kaniya

1. nang sila ay may-sakit, siya ay nagsuot ng sako alang-alang sa kanila (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kagawian sa Pagdadalamhati sa Awit 30:11)
2. siya ay nagpakumbaba, nag-ayuno, at nanalangin para sa kanilang kapakanan
3. siya ay nagdalamhati para sa kanila (bilang para sa isang malapit na kaibigan o kapatid)
4. siya ay nagdalamhati para sa kanila (bilang para sa kaniyang sariling ina)

Mayroong isang nakikitang pagkakaiba sa pagitan ng kung paaano gumagawa ang matapat na tagasunod at paano gumagawa ang walang pananampalataya! Ang ating pakikipag-ugnayan sa Diyos ay maliwanag na makikita sa kung paaano natin pinakikitunguhan ang iba.

**35:12b** Ang MT ay may "pangungulila" (BDB 1013) mula sa pagkawala ng mga anak na isang matinding kalungkutan. Ang NEB ay nagmumungkahi isang pag-aayos, "sila na naghahanap para sa aking buhay"; REB, "naghihintay na kunin ang aking buhay."

Yamang ito ay kadalasang totoo, ang mga makabagong makabagong mambabasa ay hindi lubusang nauunawaan ang panitikan ng kultura ng ANE. Gayunman, bagamat sila ay di-karaniwang salita at walang katiyakan sa paglalarawan, ang pangkalahatang layunin ay mauunawaan mula sa konteksto, lalo na sa pagkakaagapay (parallelismo).

**35:13b**
**NASB, LXX "at ang aking dalangin ay nagbabalik sa aking sariling sinapupunan"**
**JPSOA "nawa ang aking panalangin ay maganap sa akin"**

**NRSV, TEV "Ako ay nanalangin na nakayuko ang aking ulo sa aking kailaliman"**
**NJB "nananalangin ng pagpapanibago ng aking puso"**

Ang MT ay walang katiyakan. Kaya ang mga tagapagsalin ay nagmumungkahi na

1. ang mga panalangin at mga pagkilos ng salmista para sa kaniyang mga kaaway sa 35:13-14 ay bumalik sa kaniyang pakinabang, hindi sa kanila (cf. Mateo 10:13; Lucas 10:6)
2. ang parirala ay tumutukoy sa posisyon ng kaniyang katawan sa panalangin
3. ang parirala ay tumutukoy sa inulit panalangin

**35:15**
**NASB, NRSV,**
**NJB, JPSOA,**
**REB "natisod"**
**NKJV, TEV "sakuna"**
**NEB "mga sanggano"**

Ang MT ay may "sa aking ikakatisod" (BDB 854, cf. Awit 38:17; Job 18:12). Ang UBS Text Project ay binibigyan ang MT ng isang "C" na antas (maraming pagduruda). Minumungkahi nito ang "mga pilay," na nagpapakilala ng isang nasaktang salmista (p. 220). Ang UBS *Handbook* (p. 335) ay nagmumungkahi na nag salmista ay umiika-ika tulad ng isang nasugatang hayop. Kung gayon, ang "nagkakatipong magkakasama" ay maaaring maitulad sa isang pangkat ng mga aso.

**35:16**
**NASB "Gaya ng mga nanunuyang suwail sa mga kapistahan"**
**NKJV "kasama ang mga makasalanang nangungutsa sa mga pista"**
**NRSV "sila ay walang kabanalang nangungutsa nang nangungutsa"**
**TEV "katulad nilang nangungutsa sa isang lumpo"**
**NJB "kung ako ay mahulug, sila ay nakapalibot sa akin"**
**REB "kapa nadulas ako, nangungutsa sila sa akin"**
**JPSOA "sa mga di-banal na nangungutsang nakangiwi"**

Ang MT ay may "tulad ng mga walang-galang ng manunuya ng isang bibingka," na maliwanag na hindi tugma sa kaunawaan. Kay ang mga Ingles na salin ay sinubukang hanapan ng isang magkakaagapay sa pagitan ng talata 15 at talata 16, ngunit itong lahat ay palagay lamang. Ang AB (p. 214) ay nagmumungkahi isang pag-aayos na nagbunga sa "aking nakapalibot na manunuya."

Ang MT ay hindi ang una o pinakamatandang Hebreong kasulatan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 35:17-21**

**17 PANGINOON, hanggang kailan titingin ka?**
**ligtas mo ang aking kaluluwa sa kanilang mga pagsira,**
**ang aking *buhay na* mula sa mga leon.**
**18 Ako'y magpapasalamat sa iyo sa dakilang kapisanan;**
**aking pupurihin ka sa gitna ng maraming tao.**
**19 Huwag magalak sa akin na may kamalian ang aking mga kaaway;**
**ni magkindat man ng mata ang nangagtatanim sa akin ng walang kadahilanan.**
**20 Sapagka't sila'y hindi nangagsasalita ng kapayapaan,**
**kundi sila'y nagsisikatha ng mga magdarayang salita laban sa mga tahimik sa lupain.**
**21 Oo, kanilang ibinuka ng maluwang ang kanilang bibig laban sa akin;**
**kanilang sinasabi: Aha, aha, nakita ng aming mata!"**

**35:17-21** Di tulad ng mga nakalipas na istropa, ang isang ito ay nagsimulang magtanong kay YHWH kung bakit at pagkatapos ay isang panalangin para sa pagkilos.

1. hanggang kailan Ka hindi kikilos – BDB 906, KB 1157, *Qal* DI-GANAP (katulad na damdamin

sa Awit 13:1-2; 22:1-2; Habakkuk 1:2-4; si YHWH ay hindi tumutugon gaya ng iniisip ng salmista na Kaniyang gagawi)
2. iligtas (sa literal "ibalik") aking kaluluwa – BDB 996, KB 1427, *Hiphil* PAUTOS

Talata 18 ay naglalarawan ng kung ano ang gagawin ng salmista kung siya ay ililigtas ni YHWH.

1. Ako ay magpapasalamat sa Iyo sa dakilang kapisanan (pagtitipon sa templo, cf. Awit 22:25; 40:9,10) – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
2. Aking pupurihin ka sa gitna ng maraming tao (kasingkahulugang pagkakaagapay sa #1) – BDB 237, KB 248, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan

Ang talata 19 ay bumalik sa "hayaan silang. . ." na huwaran ng vv. 5-8.

1. huwag magalak sa akin na may kamalian ang aking mga kaaway – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. ni magkindat man ng mata ang mangagtatanim sa akin ng walang kadahilanan – BDB 902, KB 1147, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Kawikaan 6:12-14; 10:10

Ang Awit 35:20-21 ay binibigay ang mga dahilan kung bakit dapat kumilos si YHWH laban sa kaniyang mga kaaway.

1. sila ay hindi nagsasalita ng kapayapaan
2. sila ay kumakatha ng mga mapanlinlang na salita
3. kanilang ibinuka ng maluwang ang kanilang bibig laban sa akin
4. kanilang sinasabi, "Aha, aha, nakita ito ng aming mata"

**35:14** Sinisipin ni Hesus ang bahagi ng talatang ito sa Juan 15:25 bilang tumutukoy sa Kaniya sa isang tipolohikong na kaunawaan.

**35:17 "mga leon"** Tingnan ang tala sa Awit 34:10.

**35:20 "sa mga tahimik sa lupain"** Ang pariralang ito ay natatangi. Mula sa kaagapay nito, ito ay tila tumukoy sa mga tao na hindi nagdudulot ng pagkabagabag ngunit naghahanap ng kapayapaan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 35:22-26**

**22 Iyong nakita ito, Oh PANGINOON; huwag kang tumahimik;**
**Oh PANGINOON, huwag kang lumayo sa akin.**
**23 Kumilos ka, at ikaw ay gumising upang gawan ako ng kahatulan**
**sa aking usap, Diyos ko at PANGINOON ko.**
**24 Hatulan mo ako, Oh PANGINOON kong Diyos, ayon sa iyong katuwiran;**
**at huwag mo silang pagalakin sa akin.**
**25 Huwag silang magsabi sa kanilang sarili: "Aha, nasa namin!"**
**huwag silang magsabi: "Aming sinakmal siya"**
**26 Mangapahiya nawa sila, at mangalito na magkakasama**
**ang mga nangagalak sa aking pagkapahamak**
**manganamit nawa ng kahihiyan at kasiraang puri**
**ang nangagmamalaki laban sa akin.**

**35:22-26** Ang salmista sumasamo sa kaalaman ni YHWH ng kalagayan (cf. Awit 10:14; 32:8; 33:18; 34:15; Exodo 3:7). Sa liwanag ng Kaniyang kaalaman ng mga paglusob ng kaaway, nakikiusap na

1. huwag Siyang manahimik – BDB 361, KB 357, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 28:1; 39:12; 83:1; 109:1; gayundin, tingnan ang Habakkuk 1:13
2. huwag lumayo sa kaniya – BDB 934, KB 1221, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang

PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 10:1; 22:11; 38:21; 71:12

Ang MGA PANGKAUTUSAN na ito ay sinusundan ng tatlong partikular ng mga kahilingan sa panalangin (MGA PAUTOS) para sa katuwiran sa hukuman (i.e., "matuwid," "layunin").

1. kumilos Ka – BDB 734, KB 802, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 7:6; 44:23; 59:4; 80:2
2. gumising – BDB 884, KB 1098, *Hiphil* PAUTOS
3. gawan ng kahatulan – BDB 1047, KB 1622, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 26:1; 43:1; 139:1,23; pansinin na ang kahatulan ay "sang-ayon sa Kaniyang katuwiran" (cf. 31:1c; taga-Roma 4-6; taga-Galacia 3)

Sa sumusunod na mga talata (35:24b-26) mayroong panibagong kalipunan ng anim na *Qal* MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan.

1. huwag mo silang pagalakin sa akin – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 24
2. huwag silang magsabi sa kanilang sarili, "Aha, nasa namin!" – BDB 55, KB 65, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 25
3. huwag silang magsabi, "Aming sinakmal siya!" – BDB 55, KB 65, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 25
4. mangapahiya nawa sila – BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 26
5. mangalito nawa sila – BDB 344, KB 340, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 26
6. mangananamit nawa ng kahihiya at kasiraang-puri – BDB 344, KB 340, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 26

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 35:27-28**

**27 Magsihiyaw nawa ng kagalakan, at mangasayahan, ang nagsisilingap ng aking katuwiran;**
**Oo, mangagsabi nawa silang palagi: Dakilain ang PANGINOON,**
**na nalulugod sa kaginhawahan ng kaniyang lingkod."**
**28 At ang aking dila ay mangungusap ng iyong katuwiran**
***at* ng pagpuri sa iyo sa buong araw.**

**35:27-28** Muli mayroong isang kalipunan ng apat na *Qal* MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan.

1. ang nagsisilingap ng aking katuwiran (cf. 35:24a) ay magsihiyaw ng kagalakan – BDB 943, KB 1247, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 27
2. mangasayahan (magkakaagapay na to #1) – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 27
3. mangagsabi nawa silang palagi – BDB 55, KB 65, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 27
4. dakilain ang Panginoon– BDB 152, KB 178, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, v. 27

**35:28** Ang dila ng walang pananampalataya ay nagpapalaganap ng kasinungalingan, tsismis, at kapaitan ngunit ang dila ng matapat na tagasunod ay nagsasabi ng

1. katuwiran ni YHWH, cf. Awit 51:14; 71:15,24
2. Kaniyang pagpuri

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano ginamit ng Awit na ito paglalarawan ni YHWH bilang mandirigma?
2. Itala ang mga bagay na hinihingi ng salmista na gawin ni YHWH sa kaniyang mga kaaway sa mga talata 4-8 at muli sa mga talata 24b-26.
3. Anong doktrina ang ipinapahiwatig ng parirala "sino ang katulad mo" (v. 10)?
4. Bakit nakadama ng pagtataksil ang salmista sa kaniyang mga kakilala? (cf. vv. 13-14)
5. Ano ang ipinapahiwatig ng mga salitang, "Aha, aha" (cf. vv. 21,25)?
6. Itala ang mabuting mga bagay na hiningi ng salmista para sa kaniyang mga tagapagtaguyod sa v. 27.

# AWIT 36

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kasamaan ng Tao at Kagandahang-loob ng Diyos | Kasamaan ng Tao at Kasakdalan ng Diyos | Isang Awit ng Magkahalong Uri | Kasamaang Pantao | Ang Katigasan ng Makasalanan at ang Kabutihan ng Diyos |
| <u>Panimula sa MT</u><br>"Sa Punong Manganganta. *Ang Awit* ni David ang Lingkod ng PANGINOON" | | | | |
| 36:1-4 | 36:1-4 | 36:1-4 | 36:1-4 | 36:1 |
| | | | | 36:2-3a |
| | | | Ang Kabutihan ng Diyos | 36:3b-6a |
| 36:5-9 | 36:5-9 | 36:5-6 | 36:5-6 | |
| | | 36:7-9 | 36:7-9 | |
| | | | | 36:6c-7 |
| | | | | 36:8-9 |
| 36:10-12 | 36:10-12 | 36:10-12 | 36:10-12 | 36:10-11 |
| | | | | 36:12 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay naglalarawan ng hindi maka-Diyos na tao sa vv. 1-4 at pagkatapos ay ang

matapat na tagasunod sa vv. 7-9.

B. Si YHWH ay inilarawan sa vv. 5-6 sa pamamagitan ng apat na makapangyarihang naglalarawang MGA PANGNGALAN.
   1. kagandahang-loob
   2. katapatan
   3. katuwiran
   4. mga kahatulan/katuwiran

   Kanilang inilalarawan si YHWH at Kaniyang kasunduan. Ito ay kung paaano Niya nais na umiral ang Kaniyang mundo!

C. Mga talata 10-12 ay naghahandog ng pangwakas ng mga panalangin para kay YHWH upang tulungang isanggalang ang maka-Diyos mula sa mga impluwensiya ng walang-Diyos. Ang pababang paghila ng isang
   1. nalugmok na mundo (cf. taga-Efeso 2:1)
   2. nalugmok na kultura
   3. nalugmok na mga kasama (cf. 1 taga-Corinto 15:33)
   4. nalugmok na sarili (cf. taga-Efeso 2:3)
   5. taga-Efeso 4:2 ay idinadagdag si Satanas (i.e., ang prinsipe ng kapangyarihan ng hangin)

   na kadalasang lubhang malakas, hindi nagbabago, at malaganap. Ang katangian, salita, at pakikialam ni YHWH ay ating tanging pag-asa.

D. Dalawang natatanging paggamit ng salita ay matatagpuan sa Awit na ito.
   1. binigyang katauhan ang masama (i.e., "ang kasalanan ay nagsasalita"), v. 1
   2. "bahay" ay tumutukoy sa lahat ng ang paglalang o eskatolohikong kalalagayan. Tingnan ang tala sa vv. 8-9.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 36:1-4**

**1 Ang pagsalangsang ng masama ay nagsasabi sa loob ng aking puso;**
**walang takot sa Diyos sa harap ng kaniyang mga mata.**
**2 Sapagka't siya'y nanghihibo ng kaniyang sariling mga mata,**
**na ang kaniyang kasamaan ay hindi masusumpungan at pagtataniman.**
**3 Ang mga salita ng kaniyang bibig ay kasamaan at karayaan;**
**iniwan niya ang pagkapantas at paggawa ng mabuti.**
**4 Siya'y kumakatha ng kasamaan sa kaniyang higaan;**
**siya'y lumagay sa isang daan na hindi mabuti;**
**hindi niya kinayayamutan ang kasamaan.**

**36:1-4** Ang mga talatang ito ay naglalarawan ng mga makakasalanan (BDB 957).

1. Ang pagsasalansang ay nagpapahayag sa makasalanan ng kaniyang (LXX, MT, "aking") puso (BDB 833 ay tinatawag itong "pagbibigay katauhan bilang masamang espiritu"). Ang PANDIWA ng pagsasalansang/paghihimagsik ay ginamit sa Awit 37:38; 51:13; Isaias 43:27; 59:13; 66:24; Jeremias 2:8,29; 3:13; 33:8, kung saan ito ay tumutukoy sa pagsasalansang/ paghihimagsik sa gitna ng pangkasunduang bayan. Ang salmista ay nabuhay sa gitna isang bayan ng masasamang bibig (cf. Isaias 6:5,9-10).
2. Walang pagkatakot (i.e., pagkakilabot, BDB 808) sa Diyos sa kanilang mga mata. Ang pagkatakot kay YHWH ay ipinaalala sa Awit 34:9; 55:19d. Ang talatang ito ay ang

pangwakas na teksto na sinipi sa talaan ng mga teksto sa OT na nagpapahayag ng pangkalahatang pagkamakasalanan ng lahat ng sangkatauhan sa taga-Roma 3:18.

3. Alinman sa "pagbibigay katauhan sa pagsasalansang" o ang walang-Diyos na tao mismo ay nakabatay ("panatag na pagsasalita," BDB 325, KB 322, *Hiphil* GANAP) sa kaniyang sarili tungkol sa kaniyang sariling katampalasan.
4. Ang mga salita ng kaniyang bibig (na nagpapakilala kung sino siya) ay
   a. napakasama (BDB 19)
   b. kasinungalingan (BDB 941)
5. Siya ay huminto sa
   a. pagiging marunong (BDB 968, KB 1328, *Hiphil* PAWATAS NA BALANGKAS)
   b. paggawa ng mabuti (BDB 405, KB 408, *Hiphil* PAWATAS NA BALANGKAS)
6. Siya ay nagpaplano ng kasamaan sa kaniyang higaan (lahat ng MGA PANDIWA ng 36:4 ay MGA DI-GANAP, na nagpapakilala ng nagpapatuloy na pagkilos), cf. Kawikaan 4:16; Mikas 2:1.
7. Siya ay nagtakda sa kaniyang sarili sa isang landas na hindi mabuti. Tandaang buhay ay inilalarawan bilang isang landas, daan, lansangan. Bawat isa ay kailangang pumili ng landas, cf. Deuteronomio 30:15,19; Mateo 7:13-14.
8. Hindi niya kinasusuklaman ang kasamaan.

Kahit na ang pangkasunduang bayan ay sinusubok/inuudyok (i.e., pagbibigay-katauhan sa paghihimagsik) ngunit sila ay patuloy na may pananagutan para sa kanilang mga pagpili at ang mga kahihinatnan ng kanilang mga pagpili!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 36:5-9**

**5 Ang iyong kagandahang-loob, Oh PANGINOON, ay nasa mga langit,**
**ang iyong pagtatapat ay umaabot hanggang sa langit.**
**6 Ang iyong katuwiran ay gaya ng mga bundok ng Diyos;**
**ang iyong mga kahatulan ay dakilang kalaliman.**
**Oh PANGINOON, iyong iniingatan ang tao at hayop.**
**7 Napaka mahalaga ng iyong kagandahang-loob, Oh Diyos!**
**At ang mga anak ng mga tao ay nanganganlong sa ilalim ng iyong mga pakpak.**
**8 Sila'y nangabubusog ng sagana ng katabaan ng iyong bahay;**
**at iyong paiinumin sila sa ilog ng iyong kaluguran.**
**9 Sapagka't nasa iyo ang bukal ng buhay;**
**sa iyong liwanag makakakita kami ng liwanag.**

**36:5-9** Ang istropang ito ay naglalarawan ng katangian at mga pagkilos ni YHWH's katangian at mga pagkilos tungo sa Kaniyang mga tao. Habang ang mga rebelde ay pinili at namuha sa liwanag ng kaniyang mga pagpili, kaya gayundin, ang matapat na mga tagasunod ay kailangang magpatuloy na tumugon sa pag-ibig ni YHWH.

1. si YHWH ay inilalarawan bilang, vv. 5-6
   a. kagandahang-loob (BDB 338, i.e., pangkasunduang katapatan, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7)
   b. katapatan (BDB 53, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1)
   c. katuwiran (BDB 842, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5)
   d. mga kahatulan (BDB 1048, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5-6)

   Mayroong apat na makapangyarihan, inuulit na mga katangian si YHWH. Inilalarawan nila ang Kaniyang pakikitungo sa mga tao. Sa liwanag ng mga katangiang ito, ang mga tao at lahat ng buhay sa planetang ito ay pinapanatili (BDB 446, KB 448, *Hiphil* MGA DI-GANAP). *Elohim* ang naglalang at nagpapanatili ng planetang ito, mga tao nito, mga hayop nito, at mga buhay ng halaman nito (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos

sa Awit 1:1).

2. Ang matatapat na mga tagasunod
   a. ay nanganganlong sa anino ng Iyong pakpak (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12)
   b. ay iinom sa kanilang puno ng pagpapala sa Kaniyang tahanan (tingnan ang Kontekstuwal na Kaunawaan, D o tala sa 36:8)
   c. ay tataglayin ang iyong tahanan bilang
      (1) ang bukal ng buhay, cf. Jeremias 2:13; 17:13
      (2) liwanag (i.e., katotohanan, kalusugan, kaligayahan, cf. 18:28; 27;1)

**36:7 "Oh Diyos! At ang mga anak ng mga tao"** Ito ay maaaring ang "Diyos" (*Elohim*) dito ay dapat/ ay maaaring tumukoy sa "mga pinuno," sapagkat ito ay tila kaagapay na "tao at mga hayop" (i.e., isang kaurian ng dalawa) sa 36:6c. Kung gayon, ngayon, ang dalawang kaurian ng mga tao na tinutukoy dito ay dapat na

1. mga pinuno (i.e., mga hukom sa Exodo 21:6; Awit 82:6 o mga pinuno sa Awit 29:1; 58:1)
2. sa kanilang pinamumunuan

Ang tala-baba ng NEB, REB, TEV, at AB ay may "mga Diyos at mga tao."

**36:8 "iyong bahay"** Sa kontekstong ito, hindi nito tinutukoy ang templo ngunit isang muling nilalang na Eden (i.e., "kaluguran," BDB 726, v. 8b) o eskatolohikong kalalagayan (i.e., bagong panahon, cf. Awit 46:4; Ezekiel 47:1-12; Joel 3:18; Pahayag 22:1-2).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 36:10-12**

**10 Oh, ilagi mo nawa ang iyong kagandahang-loob sa kanila na nangakakakilala sa iyo,**
**at ang iyong katuwiran sa matuwid sa puso.**
**11 Huwag nawang dumating laban sa akin ang paa ng kapalaluan,**
**at huwag nawa akong itaboy ng kamay ng masama.**
**12 Doo'y nangabuwal ang mga manggagawa ng kasamaan;**
**sila'y nangalugmok at hindi makakatindig.**

**36:10-12** Ang pangwakas na istropang ito ay isang panalangin ng salmista kay YHWH sa kapakanan ng matapat na mga tagasunod (i.e., "sa kanilang nakikilala Ka," tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6).

1. ilagi – BDB 604, KB 645, *Qal* PAUTOS
   a. ang Iyong kagandahang-loob
   b. ang Iyong katuwiran
2. huwag nawang dumating
   a. laban sa akin ang paa ng kapalaluan – BDB 97, KB 112, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   b. itaboy ng kamay ng masama – BDB 626, KB 678, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
3. Ang manggagawa ng kasamaan
   a. nangabuwal – BDB 656, KB 709, *Qal* GANAP
   b. nangalugmok – BDB 190, KB 218, *Qal* GANAP
   c. hindi makakatindig – BDB 407, KB 410, *Qal* GANAP (lahat ng tatlong MGA PANDIWA may tumukoy sa kamatayan at descent into *Sheol*)

Pansinin ang mga kahihinatnan ng pananampalataya (36:7-8) at kasamaan (36:11-12). Ang mga pagpili ay may mga kahihinatnan!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ihalintulad ang lahat ng mga salin na mayroon ka at itala ang iba't-ibang paraan na kanilang isinalin ang talata 1.
2. Ipahayag sa iyong sariling salita ang diwa ng mga talata 1-4 sa isang paturol na pangungusap.
3. Ano ang dapat sabihin ng apat na mahahalagang mga terminong sa vv. 5,6 tungkol sa konsepto ng may pasubali at walang pasubaling mga kasunduan sa OT?
4. Maaari bang tumukoy sa terminong *Elohim* sa talata 7 sa mga hukom o mga pinuno ng Israel gayundin naman ang Diyos ng Israel? Bakit?
5. Bakit ang terminong "sa anino ng Aking mga pakpak" ay tumutukoy sa Diyos bilang isang babae? Ano ang kahihinatnan ng ganitong mga uri ng mga pahayag?
6. Tila ba hindi espiritwal sa iyo na si David ay nanalangin para sa pagkawasak ng kaniyang mga kaaway?

# AWIT 37

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kaligtasan ng Sinumang Magtiwala sa PANGINOON, at Kawalang Kaligtasan sa Masama<br>Panimula sa MT<br>*Isang Awit* ni David | Ang Pamana ng mga Matutuwid at ang Kapamahakan ng mga Masama | Ang Katiyakan ng Pagganti para sa Masasama<br>(Isang Karunungang Awit) | Ang Patutunguhan ng Masama at Mabuti | Ang Tadhana ng Matuwid at ng Masama<br>(Isang Akrostik) |
| 37:1-6 | 37:1-2 | 37:1-2 | 3:1-2 | 37:1-2 (*Aleph*) |
| | 37:3-4 | 37:3-4 | 37:3-4 | 37:3-4 (*Bet*) |
| | 37:5-6 | 37:5-6 | 37:5-6 | 37:5-6 (*Gimel*) |
| 37:7-11 | 37:7-11 | 37:7 | 37:7 | 37:7 (*Dalet*) |
| | | 37:8-9 | 37:8-9 | 37:8-9 (*He*) |
| | | 37:10-11 | 37:10-11 | 37:10-11 (*Waw*) |
| 37:12-15 | 37:12-15 | 37:12-13 | 37:12-13 | 37:12-13 (*Zain*) |
| | | 37:14-15 | 37:14-15 | 37:14-15 (*Het*) |
| 37:16-22 | 37:16-17 | 37:16-17 | 37:16-17 | 37:16-17 (*Tet*) |
| | 37:18-20 | 37:18-19 | 37:18-20 | 37:18-19 (*Yod*) |
| | | 37:20 | | 37:20 (*Kaph*) |
| | 37:21-22 | 37:21-22 | 37:21-22 | 37:21-22 (*Lamed*) |
| 37:23-26 | 37:23-24 | 37:23-24 | 37:23-24 | 37:23-24 (*Mem*) |
| | 37:25-26 | 37:25-26 | 37:25-26 | 37:25-26 (*Nun*) |
| 37:27-34 | 37:27-29 | 37:27-29 | 37:27-29 | 37:27-28b (*Samek*) |
| | | | | 37:28c-29 (*Ain*) |
| | 37:30-31 | 37:30-31 | 37:30-31 | 37:30-31 (*Pe*) |
| | 37:32-33 | 37:32-33 | 37:32-33 | 37:32-33 (*Zade*) |
| | 37:34-36 | 37:34 | 37:34 | 37:34 (*Qoph*) |
| | | 37:35-36 | 37:35-36 | 37:35-36 (*Resh*) |
| 37:35-40 | | | | |
| | 37:37-38 | 37:37-38 | 37:37-38 | 37:37-38 (*Shim*) |
| | 37:39-40 | 37:39-40 | 37:39-40 | 37:39-40 (*Taw*) |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay umiindaya sa pagitan ng pagpapaalala at paglalarawan ng matapat na mga tagasunod at paglalarawan ng walang pananampalataya. Ang teolohikong isyu ay ang pananagana ng masasama (cf. Awit 73; Habakkuk).

B. Si YHWH ay ipinapakilala sa maraming iba't-ibang paraan. Siya ang nagpapanatili ng matapat at nagwawasak ng walang pananampalataya.

C. Ito ay isang akrostik na awit. Ang bawat iminumungkahing titik ay may dalawang mga talata (i.e., 4 linya) maliban sa *Qoph*, 37:34, na may 3 mga linya.

D. Ang teolohiya ng Awit na ito ay tungkol sa mamanahing lupain (i.e., Canaan) at kasaganahan na batay sa Genesis 12:1-3 (panimulang panawagan at mga pangako ni YHWH kay Abraham), na lumago sa ilalim ni Moises sa Mosaikong kasunduan. Ito ay may mga pagpapala para sa pagsunod at mga sumpa para sa pagsuway (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30 para sa isang mabuting buod).

Ninanais ni YHWH na ihayag ang Kaniyang sarili sa mundo sa pamamagitan ng Kaniyang natatanging kasunduan bayan, ang Israel. Ang Israel ay maghahayag ng Kaniyang biyaya, kahabagan, at pag-ibig sa pamamagitan ng kaniyang kasaganahan at maka-Diyos na kultura. Maliwanag mula sa pangkasaysayang mga aklta (i.e., Joshue – 2 Mga Hari), ang pagsuway ng Israel ay nahadlangan ang layuning ito. Ang Israel ay hinatulan at ang kasunduan ay nabali (i.e., pagkakatapon). Samakatuwid, si YHWH ay pinilit na simulan ang isang "bagong kasunduan" (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) batay sa Kaniyang biyaya at mga pagkilos, hindi sa pagsunod ng nalugmok sa sangkatauhan (i.e., ang ebanghelyo ni Hesukristo ay nakatala sa NT). Ang mga pangako ng bagong kasunduang ito sa bansang Israel ay nabaliwala! Sa ibaba, aking inilagay ang isang Natatanging Paksa na susubukang itala ang pagbabagong ito.

**NATATANGING PAKSA: BAKIT ANG MGA PANGYAYARI SA WAKAS NG PANAHON AY LUBHANG PINAGTATALUNAN?**

Sa mga taon ng aking pag-aaral ng eskatolohiya, aking napag-alaman na ang karamihan sa mga Kristiyano ay wala o hindi nais ang isang maunlad, sistematikong, katapusang-panahon na

pagkakasunod-sunod. Mayroong ilang mga Kristiyano na nagbibigay-tuon o ginagawang pangunahin saa bahaging ito ng Kristiyanismo para sa teolohiko, sikolohiko, o denominasyonal na mga kadahilanan. Ang mga Kristiyanong ito ay tila nahumaling sa kung papaano ito magwawakas, at nakaligtaan ang pangangailangan ng ebanghelyo! Ang mga mananampalataya ay hindi makakaapekto adyendang eskatolohiko ng Diyos (huling-panahon), ngunit sila ay maaaring makilahok pang-ebanghelyong kautusan (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8). Karamihan sa mga mananampalataya ay naninindigan sa isang Pangalawang Pagdating ni Kristo at isang huling-panahon kahahantungan ng mga pangako ngDiyos. Ang mga suliranin sa pagbibigay paliwanag ay nagbubuhat mula kung papaano maunawaan ang mga panandaliang kahahantungan nanggagaling mula sa maraming biblikal na mga kabalintunaan.

1. ang pag-igting sa pagitan ng mga pang-propesiyang huwaran ng Lumang Kasunduan at mga pang-apostol ng Bagong Kasunduan
2. ang pag-igting sa pagitan ng monoteismo ng Bibliya (isang Diyos para sa lahat) at ang pagpili ng Israel (ang natatanging bayan)
3. ang pag-igting sa pagitan ng may pasubali aspeto ng biblikal na mga kasunduan at mga pangako ("kung. . .samakatuwid") at ang walang pasubaling katapatan ng Diyos sa katubusan ng nalugmok na sangkatauhan
4. ang pag-igting sa pagitan ng uri (dyanra) ng panitikan ng Near Eastern pampanitikan at makabagong huwaran ng kanluraning pampanitikan
5. ang pag-igting sa pagitan ng ang Kaharian ng Diyos bilang kasalukuyan, ngunit sa panghinaharap
6. ang pag-igting sa pagitan ng paniniwala ng nalalapit na pagbabalik ni Kristo at ang paniniwala na ang ilang mga pangyayari ay kailangan munang mangyari.

Ating talakayin ang mga pag-igting na ito nang isa-isa.

**UNANG PAG-IGTING** (OT pang-lahi, pambansa, at pang-heograpikong mga kaurian laban sa lahat mga mananampalataya sa mundo)

Ang mga propeta ng OT ay hinulaan ang pagpapanumbalik ng isang Hudyong kaharian sa Palestino na naka-sentro sa Herusalem kung saan ang lahat ng mga bansa ng mundo ay magtitipon upang papurihan at paglingkuran ang pinunong galing kay David, ngunit si Hesus o ang mga Apostol ng NT ay hindi tumuon sa panukalang ito. Hindi ba kinasihan ang OT (cf. Mateo 5:17-19)? Tinanggal ba ng NT ang mga napakahalagang pangyayari sa huling-panahon?

Mayroong maraming mga pinanggalingan ng kaalaman patungkol sa pagwawakas ng mundo:

1. mga propeta sa OT (Isaias, Mikas, Malakias)
2. mga manunulat na apokaliptiko sa OT (cf. Ezekiel 37-39; Daniel 7-12; Zacarias)
3. mga Hudyong manunulat na di-kanoniko sa pagitan ng OT at NT (tulad ng I Enoch, na may pagkabanggit sa Judas)
4. si Hesus mismo (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21)
5. ang mga sulat ni Pablo (cf. I taga-Corinto 15; II taga-Corinto 5; I taga-Tesalonica 4-5; II taga-Tesalonica 2)
6. ang mga sulat of Juan (I Juan at Pahayag).

Ang lahat bang ito ay maliwanag na nagtuturo ng isang huling-panahon na panukala (mga pangyayari, pagkakasunod-sunod, mga tao)? Kung hindi, bakit? Hindi ba lahat sila kinasihan (maliban sa pang-Hudyong mga sulat sa pagitan ng OT at NT)?

Ang Espiritu ay nahahayag ng mga katotohanan sa mga manunulat ng OT sa mga salita at mga kaurian na maaari nilang maunawaan. Gayunman, sa pamamagitan ng progresibong kapahayagan ang Espiritu ay pinalawak ang mga kaunawan sa eskatolohiya ng OT sa isang panlahatang saklaw ("ang hiwaga ni Kristo," cf. Efeso. 2:11-3:13. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:7). Dito ay ilang nauukol na mga halimbawa:

1. Ang lungsod ng Herusalem sa OT ay ginamit bilang isang talinghaga ng bayan ng Diyos (Sion), ngunit ipinanukala sa NT bilang isang salita na naghahayag ng pagtanggap ng

Diyos sa lahat ng nagsisisi, ang mga nananampalatayang tao (ang bagong Herusalem ng Pahayag 21-22). Ang teolohikong pagpapalawak ng isang literal, pisikal na lungsod sa bagong bayan ng Diyos (nananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil) ay pagpapaunang larawan sa pangako ng Diyos na tubusin ang nalugmok na sangkatauhan sa Genesis 3:15, bago pa nagkaroon ng anumang mga Hudyo o pang-Hudyong kabiserang lungsod. Kahit na ang pagtawag kay Abraham (cf. Genesis 12:1-3) ay kinapapalooban ng mga Hentil (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5).

2. Sa OT, ang mga kaaway of ng bayan ng Diyos ay ang mga nakapalibot na bansa ng Sinaunang Near East, ngunit sa NT sila ay pinalawaka sa lahat ng di-nananampalataya, laban sa Diyos, na bayang pinapalakas ni Satanas. Ang digmaan ay kumilos mula isang heograpiko, pang-relihiyong pag-aaway sa isang pandaigdig, pangsanlibutang pag-aaway (cf. taga-Colosas).
3. Ang pangako ng isang lupain na sa <u>lubhang</u> mahalaga sa OT (ang Patriyarkong mga pangako ng Genesis, cf. Genesis 12:7; 13:15; 15:7,15; 17:8) ngayon ay naging buong mundo. Ang Bagong Herusalem ay dumating sa isang muling linikhang mundo, hindi lamang o natatangi sa Near East (cf. Pahayag 21-22).
4. Ang ilan pang ibang ang mga halimbawa ng pangpropesiyang kaisipan sa OT na pinalawak ay:
   a. ang binhi ni Abraham na ngayon tinuli sa Espiritu (cf. Roma 2:28-29)
   b. ang kasunduang bayan ngayon ay insinama ang mga Hentil (cf. Osea 1:10; 2:23, sinipi sa taga-Roma 9:24-26; gayundin sa Levitico 26:12; Exodo 29:45, sinipi sa II taga-Corinto 6:16-18 at Exodo 19:5; Deuteronomio 14:2, sinipi sa Tito 2:14)
   c. ang templo ngayon ay si Hesus (cf. Mateo 26:61; 27:40; Juan 2:19-21) at sa pamamagitan ng Niya ang lokal na iglesiya (cf. I taga-Corinto 3:16) o ang indibidwal na mananampalataya (cf. I taga-Corinto 6:19)
   d. kahit na ang Israel at kanyang pangkatangiang paglalarawan sa mga parirala sa OT, ngayon ay tumukoy sa ang buong bayan ng Diyos (i.e.,"Israel," cf. taga-Roma 9:6; taga-Galacia 6:16, i.e.,"kaharian ng mga saserdote," cf. I Pedro 2:5, 9-10; Pahayag 1:6)

Ang propesiyang huwaran ay natupad, pinalawak, expanded, at ngayon ay mas naibibilang. Si Hesus at ang mga manunulat na Apostol ay hindi nagpahayag ng huling-panahon sa katulad paraan na gaya ng mga propeta sa OT (cf. Martin Wyngaarden, *The Future of The Kingdom in Prophecy and Fulfillment*). Ang mga makabagong tagapagsalin na nagtangkang gumawa ng literal na huwaran sa OT o normatibo ay binaluktot ang Pahayag sa isang napaka maka-Hudyong aklat at pinilit ang kahulugan sa lumugso, di-maliwanag na mga parirala nina Hesus at Pablo! Ang mga manunulat ng NT ay hindi sinasalungat ang mga propeta ng OT, ngunit ipinapakita ang kanilang pangwakas na kahihinatnan ng lahat. Walang isinaayos, na lohikong sistema ang eskatolohiya nina Hesus o Pablo. Ang kanilang layunin una sa lahat ay pagkatubusan o pastoral.

Gayunman, kahit na sa loob na NT ay may pag-igting. Walang malinaw na pagsasaayos ng mga eskatolohikong pangyayari. Sa maraming mga paraan ang Pahayag ay nakakagulat na gumagamit ng mga mga pagkabanggit sa OT sa paglalarawan ng katapusan sa halip na ang mga katuruan ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos 13)! Sinusundan nito ang pampanitikang dyanra na sinimula sa pamamagitan nina Ezekiel, Daniel, at Zechariah, ngunit lumago sa yugto na nasa pagitan ng OT at NT (pang-Hudyong apokaliptikong panitikan). Ito ay maaaring paraan ni Juan sa pag-uugnay ng Luma at Bagong mga Kasunduan. Ito ay nagpapakita ng napakatanda nang huwaran ng paghihimagsik ng tao at pangako ng Diyos sa katubusan! Ngunit kailangan itong itala na bagaman ang Pahayag ay gumagamit ng wika, mga tao at pangyayari sa OT, ito ay muling ipinaliwanag sa kanila sa liwanag ng unang-siglong Roma (cf. Pahayag 1:7).

**PANGALAWANG PAG-IGTING** (monoteismo laban sa isang piniling bayan)

Ang biblikal pagbibigay-diin ay nasa isang personal, espiritwal, manlilikha-manunubos, na

Diyos (cf. Exodo 8:10; Isaias 44:24; 45:5-7,14,18,21-22; 46:9; Jeremias 10:6-7). Ang natatangi sa OT sa kanyang sariling panahon ay ang kanyang monoteismo. Ang lahat ng mga nakapalibot na bansa ay may maraming diyos. Ang kaisahan ng Diyos ay ang puso ng kapahayagan sa OT (cf. Deuteronomio 6:4). Ang paglikha ay isang yugto para sa ang layunin ng pakikipag-ugnaya sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan, na linikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis1:26-27). Gayunman, ang sangkatauhan ay naghimagsik, nagkasala laban sa pag-ibig, pamumuno at layunin ng Diyos (cf. Genesis 3). Ang pag-ibig at layunin ng Diyos ay lubhang malakas at tiyak na Kaniyang ipinangako na tutubusin ang nalugmok na sangkatauhan (cf. Genesis 3:15)!

Nagkakaroon ng pag-igting kapag ang Diyos ay pumili na gumamit ng isang tao, isang pamilya, isang bansa upang abutin ang nalalabing bahagi ng sangkatauhan. Ang pagpili ng Diyos kay Abraham at sa mga Hudyo bilang isang kaharian ng mga saserdote (cf. Exodo 19:4-6) ay nagbunga ng pagmamataas sa halip na paglilingkod, pagpapalayas sa halip na pagsasama. Ang panawagan ng Diyos kay Abraham ay nakapaloob ang kusang pagpapala sa lahat ng sangkatauhan (cf. Genesis 12:3). Ito kailangang maunawaan at bigyang-diin na ang pagpili sa OT pagpili ay para sa paglilingkod, hindi sa kaligtasan. Ang lahat ng Israel ay hindi kailanman tama sa Diyos, hindi kailanman walang-hanggang ligtas na nakabatay lamang sa kanilang karapatan sa pagkakasilang (cf. Juan 8:31-59; Mateo 3:9), ngunit sa pamamagitan ng personal na pananampalataya at pagsunod (cf. Genesis 15:6, sinipi sa taga-Roma 4). Nawala na misyon ng Israel (ang iglesiya ngayon ay ang kaharian ng mga saserdote, cf. 1:6; II Pedro 2:5,9), na ginawa ang kautusan sa isang pribilehiyo, paglilingkod sa isang natatanging katatayuan! Pinili ng Diyos ang isa upang piliin ang lahat!

**PANGATLONG PAG-IGTING** (may pasubaling mga kasunduan laban sa walang pasubaling mga kasunduan)

Mayroong isang teolohikong pag-igting o kabalintunaan sa pagitan ng may pasubali at walang pasubaling mga kasunduan. Ito ay walang alinlangan tunay ang ang layunin/planong pangkatubusan ng Diyos ay walang pasubali (cf. Genesis 15:12-21). Gayunman, ang inutos na pagtugon ng tao ay palaging may pasubali!

Ang "kung. . .samakatuwid" na huwaran ay kapwa nakikita sa OT at NT. Ang Diyos ay matapat; sangkatauhan ay hindi matapat. Ang pag-igting na ito ay nagbunga ng lubusang pagkalito. Ang mga nagpapaliwanag ay kumiling na tumuon sa tanging isang "panig ng mahirap na kalagayan," pagkamatapat ng ng Diyos o pagpupunyagi ng tao, kapangyarihan ng Diyos o malayang pagpili ng sangkatauhan. Kapwa ay biblikal at kinakailangan.

Ito ay nauugnay sa eskatolohiya, sa mga pangako sa OT ng Diyos sa Israel. Kung ang Diyos nangako nito, maisasakatuparan ito! Diyos ay nakabigkis sa Kanyang mga pangako; ang Kanyang dangal ay nakapaloob (cf. Ezekiel 36:22-38). Ang walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan ay nagtatagpo kay Kristo (cf. Isaias 53), hindi sa Israel! Ang kapuspusang katapatan ay maihahayag sa katubusan ng lahat na magsisi at mananampalataya, hindi kung sino ang iyong ama/ina! Si Kristo, hindi ang Israel, ang susi sa lahat ng mga kasunduan at mga pangako ng Diyos. Kung mayroong isang teolohikong panaklong sa Bibliya, ito ay hindi ang Iglesiya, kundi ang Israel (cf. Mga Gawa 7 at taga-Galacia 3).

Ang ang pangmundong misyon ng paghahayag ng ebanghelyo ay ibinigay sa Iglesiya (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8). Ito pa rin ay may pasubaling kasunduan! Hindi nito impinapahiwatig na ang Diyos ay lubusang itinanggi ang mga Hudyo (cf. taga-Roma 9-11). Maaaring may isang lugar at layunin para sa huling-panahon, <u>nananampalatayang</u> Israel (cf. Zacarias 12:10).

**PANG-APAT NA PAG-IGTING** (Mga huwarang pampanitika ng Near East laban sa mga huwaran ng kanluran).

Ang dyanra ay isang mahalang sangkap sa tamang pagpapaliwanag ng Bibliya. Ang Iglesiya ay lumago sa isang kanlurang (Griyego) pangkulturang kaganapan. Ang pang-silangang panitikan ay may naglalarawan, matalinghagan, at simboliko kaysa sa makabago, pangkanlurang kultura ng mga huwarang pampanitikan. Ito ay tumutuon sa bayan, mga pagtatagpo, at pangyayari na higit

kaysa maikli ngunit malinaw na panukalang mga katotohanan. Mga Kristiyano ay may kasalanan sa paggamit ng kanilang kasaysayan at mga huwarang pampanitikan upang ipaliwanag ang biblikal na propesiya (kapwa sa OT at NT). Bawat salin-lahi at geoprapikong pagkakilanlan ay ginagamit ang kanyang kultura, kasaysayan, at pagiging literal upang ipaliwanag ang kapahayagan. Ang bawat isa sa kanila ay may kamalian! Ito ay kayabangan na isipin na ang makabagong kaluraning kultura ay ang pinagtuunan ng biblikal na propesiya!

Ang dyanra kung saan ang orihinal, kinasihang may-akda na piniling magsulat ay isang pampanitikang kasunduan sa mambabasa. Ang aklat ng Pahayag ay hindi pang-kasaysayan salaysayin. Ito ay isang pagsasama ng titik (mga kabanata 1-3), propesiya, at karamihang apokaliptikong panitikan. Ito ay maling magsalita ang Bibliya na higit sa nilalayon ng ang orihinal na may-akda gaya ng maling masalita ito na kulang sa nilalayon! Ang pagmamataas at dogmatismo ng tagapagpaliwanag ay lalong di nararapat sa aklat na tulad ng Pahayag.

Ang Iglesiya ay hindi kailanman nagkasundo sa isang ganap na interpretasyon ng Pahayag. Ang aking pagpapatungkol ay marinig at maiugnay ang buong Bibliya, hindi ang ilang mga piling bahagi bahagi. Ang maka-silangang kaisipan ng Bibliya ay nagpapakilala ng tambalang puno ng pag-igting. Ang ating maka-kanluran na pagkahilig sa isang pinanukalang katotohanan ay hindi walang kabuluhan, ngunit walang pagtimbang (balanse)! Sa aking palagay, ito ay maaaring tanggalin ang ilan sa di-pagkakasundo sa pagpapaliwanag ng Pahayag sa pagtala ng kanyang nagbabagong layunin sa sinundang mga salin-lahi ng mga mananampalataya. Ito ay maliwanag sa karamihan sa mga tagapagpaliwanag na ang Pahayag kailangang ipaliwanag sa liwanag ng kanyang sariling panahon at kanyang dyanra. Ang isang pang-kasaysayan paglapit sa Pahayag kailangang iugnay sa kung ano ang mayroon sa mga sinaunang mga mambabasa, at ay maaaring naunawaan. Sa maraming mga paraan, ang makabagong tagapagpaliwanag, ang maraming mga sagisag (simbolo) ng aklat ay nawala na ang kahulugan. Ang paunang pangunahing layunin ay palakasin ang mga inuusig na mananampalataya. Ipinapakita nisa kapangyarihan ng Diyos sa kasaysayan (tulad ng mga OT propeta); pinagtitibay nito na ang kasaysayan ay kumikilos sa isang itinakdang katapusan, kahatulan o pagpapala (tulad ng mga OT propeta). Ito ay nagpapatibay sa unang-siglong pang-Hudyong apokaliptikong mga salita ng pag-ibig, presesiya, pamamahala, at kapangyariha ng Diyos!

Ito ay gumaganap sa mga katulad na teolohikong paraan sa bawat salin-lahi ng mga mananampalataya. Ito ay naglalarawan ang pangmundong tunggalian ng mabuti at masama. Ang mga unang siglong detalye ay maaaring nawala na sa kanila, hindi ang makapangyarihan, mapag-aliw na mga katotohanan. Kapag ang makabago, kaluraning tagapagpaliwanag ang sumubok na ipilit ang mga detalye ng Pahayag sa kanilang makabagong kasaysayan, ang huwaran ng mga bulaan pagpapaliwanag ay nagpapatuloy!

Ito ay maaari na ang mga detalye ng ang aklat ay maaaring kapansin-pansing literal muli (tulad ng kaugnayan OT sa kapanganakan, buhay, at kamatayan ni Kristo) para sa ang huling salin-lahi ng mga mananampalataya sa kanilang pagharap sa mabangis na paglusod ng isang lider at kultura na laban sa Diyos (cf. II taga-Tesalonica 2). Walang sinuman ang maaaring makaalam ng mga literal na katuparan ng Pahayag hanggang sa mga salita ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos.13; at Lucas 21) at Pablo (cf. I taga-Corinto 15; I taga-Tesalonica 4-5; at II taga-Tesalonica 2) na naging pagkasaysayang pangyayari. Ang haka-haka, pagpapalagay, at dogmatismo ay hindi lahat nararapat. Ang apokaliptikong panitikan ay nagpapahintulot ng ganitong kalayaan. Salamat sa Diyos para sa mga larawan at mga sagisag na nakakahigit sa pang-kasaysayan salaysayin! Ang Diyos ang namamahala; Siya ang maghahari; Siya ang darating!

Karamihan sa makabagong kometaryo ay iniiwan ang punto ng dyanra! Ang mga makabagong kaluraning tagapagpaliwana ay kadalasang naghahanap ng isang malinaw, lohikong sistema ng teolohiya kaysa sa maging patas sa isang di-maliwanag, simboliko, madulang dyanra ng pang-Hudyong apokaliptikong panitikan. Ang katotohanang ito ay mahusay na maipapahayag ni Ralph P. Martin in kanyang artikulo, "Approaches to New Testament Exegesis," sa aklat na *New*

*Testament Interpretation*, edited ni I. Howard Marshall:

"Maliban na makilala natin ang madulang katangian ng sulat na ito at maalala ang paraan na ginamit ang wika bilang isang kasangkapan upang ipahayag ang pang-relihiyong katotohanan, tayo madalamhating magkakamali sa ating kaalaman ng Apocalypse, at maling subukan na ipaliwanag ang kanyang mga pangitain na parang ito ay isang aklat ng literal na tuluyan at maukol sa larawang pangyayari sa pagmamasid at may petsang kasaysayan. Ang tangkaing pairalin ang kinalaunang pagtahak ay ang pagtakbo sa lahat ng mga suliranin ng pagpapaliwanag. Sa mas malalim ito ay magbubunga ng isang pagkasira ng kahulugan ng apokaliptiko at samakatuwid ay nawawala ang dakilang kahalagahan ng bahaging ito ng Bagong Tipan bilang isang madulang pagbibigay diin sa pantulang wika ng kapangyariha ng Diyos kay Kristo at ang kabalintunaan ng kanyang pamumuno na nahahaluan ng giting at pag-ibig (cf. 5:5,6; ang Leon ay ang Tupa)" (p. 235).

W. Randolph Tate sa kanyang aklat na *The Biblical Interpretations* ay nagsabing:

"Walang ibang dyanra ng Bibliya ma maalab mabasin na may ganitong mapighating bunga bilang pahayag, tulad ng mga aklat ng Daniel at Pahayag. Ang dyanrang ito ay nagdurusa mula sa mapangwasak na kasaysayan ng maling interpretasyon dahil sa isang pangunahing di-pagkakaunawa sa kanyang pampanitikang mga anyo, kayarian, at layunin. Dahil sa kanyang pag-aangkin na maihayag kung ano ang malapit nang mangyayari, ang pahayag ay tinitingnan bilang isang gabay sa daan at isang plano sa hinaharap. Ang kalunos-lunos na kamalian sa pananaw na ito ay ang pagpapalagay na ang sangunian ng balangkas ng mga aklat ay ang kasalukuyang panahon ng mga mambabasa kaysa sa may-akda. Ang hindi tamang pagsapit sa pahayag (lalo na ang Pahayag) ay tinitingnan ang gawa gaya ng isang cryptogram kung saan ang makabagong pangyayari ay maaaring gamiting upang ipaliwanag ang sagisag ng teksto. . .Una, ang tagapagpaliwanag ay kailangang makilala na ang apokaliptiko ay nagpapahayag ng kanyang mga mensahe sa pamamagitan ng simbolismo. Ang ipaliwanag ang isang sagisag sa literal kung ito ay matalinghaga ay tiyak na maling pagpapaliwanag. Ang isyu ay hindi kung ang pangyayari sa apokaliptikon ay pang-kasaysayan. Ang pangyayari ay maaaring pang-kasaysayan; sila ay maaaring totoong nangyari, o maaaring mangyari, ngunit ang may-akda ay ipinahayag ang pangyayari at isinulat ang kahulugan sa pamamagitan ng mga larawan at mga orihinal" (p. 137).

Mula sa *Dictionary of Biblical Imagery*, na pinatnugot nina Ryken, Wilhost at Longman III:

"Ang mga kasalukuyang mambabasa ay kadalasang nalilito at binibigo ng ganitong dyanra. Ang di-inaasahang paglalarawan at wala-sa-mundong-ito na mga karanasan ay tila kakaiba at nasa labas ng karamihan sa Banal na Kasulatan. Ang pagkuha sa panitikang ito sa kanyang ito sa kanyang natural na halaga ay mag-iiwan sa maraming mga mambabasa pag-aagawan na malaman kung 'kung anong nagyari noon,' samakatuwid ay naiwala ang naisin ng apokaliptikong mensahe" (p. 35).

**PANLIMANG PAG-IGTING** (ang Kaharian ng Diyos bilang kasalukuyan ngunit sa hinaharap)

Ang kaharian ng Diyos ay kasalukuyan, ngunit sa hinaharap. Ang ganitong teolohikong kabalintunaan ay naging pagtuon sa punto ng eskatolohiya. Kung ang isa ay umaasa ng isang literal na katuparan ng lahat ng mga propesiya sa OT para sa Israel, samakatuwid ang Kaharian ay naging karamihan ay ang pagpapanumbalik ng Israel sa isang heograpikong lugar at isang teolohikong kataasan! Kinakailangan nito na Iglesiya ay lihim na aagawin sa kabanata 5 at ang natitirang mga kabanata ay maiuugnay sa Israel (ngunit pansinin ang Pahayag 22:16).

Gayunman, kung ang pagtuon ay sa kaharian bilang pinagpasinaya sa pamamagitan ng ipinangakong OT Mesias, samakatuwid ito ay kasama ni Kristo sa unag pagparito, at ngayon, ang pagtuon ay naging ang pagkakatawang-tao, buhay, mga katuruan, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Kristo. Ang teolohikong pagbibigay-diin ay sa isang kasalukuyang kaligtasan. Ang

kaharian ay dumating, ang OT ay natupad sa pag-aalay ni Kristo ng kaligtasan sa lahat, hindi ang Kanyang pang-milenyong paghahari sa ilan!

Ito ay walang alinlangan katotohana na ang ang Bibliya ay nagsasabi ng kapwa mga pagparito ni Kristo, ngunit nasaan ilalagay ang pagbibigay-diin? Ito, para sa akin, ay tila ang pagtuon ng karamihan sa mga propesiya sa OT sa ang una pagparito, ang pagtatag ng kaharian ng Mesias (cf. Daniel 2). Sa maraming mga paraan ito ay kahalintulad sa walang-hanggang pamumuno ng Diyos (cf. Daniel 7). Sa OT ang pagtuon ay sa walang-hanggang pamumuno ng Diyos, ngunit ang kaparaanan para sa pagpapakita ng pamumuno ay ang gawain ng Mesias (cf. I taga-Corinto 15:26-27). Ito ay hindi isang tanong na kung ano ang totoo; kapwa ay totoo, ngunit saan ang pagbibigay-diin? Ito kailangang sabihin na ang ilang mga tagapagpaliwanag ay naging lubhang nakatuon sa pang-milenyong pamumuno ng Mesias (cf. Pahayag 20) na kanilang naiwala ang biblikal pagtuon on ang walang-hanggang pamumuno ng Ama. Ang pamumuno ni Kristo ay isang panimulang pangyayari. Tulad ng ang dalawang pagdating ni Kristo ay hindi maliwanag sa OT, gayundin ang isang pansamantalang pamumuno ng Mesias!

Ang susi sa pagpapahayag at pagtuturo ni Hesus ay ang kaharian ng Diyos. Ito ay kapwa pangkasalukuyan (sa kaligtasan at paglilingkod), at panghinaharap (sa paglaganap at kapangyarihan). Ang Pahayag, kung ito ay tumutuon sa isang maka-Mesyas na pang-milenyong pamumuno (cf. Pahayag 20), ay panimula, hindi pangwakas (cf. Pahayag 21-22). Ito ay hindi maliwanag mula ang OT na ang isang pansamantalang pamumuno ay kinakailangan; gaya ng katunayan ng paksa, ang pang-Mesyas pamumuno ng Daniel 7 ay walang-hanggang, hindi pang-milenyo.

**PANG-ANIM NA PAG-IGTING** (ang nalalapit pagbabalik ni Kristo laban sa ipinagpalibang *Parousia*)

Karamihan sa mga mananampalataya ay naturuan na si Hesus ay malapit nang dumating, biglaan, at di-inaasahan (cf. Mateo 10:23; 24:27,34,44; Marcos 9:1; 13:30; Pahayag 1:1,3; 2:16; 3:11; 22:7,10,12,20). Ngunit ang bawat umaasang salin-lahi ng mga mananampalataya sa ngayon ay nagkamali! Ang malapit (kamadalian) na pagbabalik ni Hesus ay isang makapangyarihang ipinangakong pag-asa sa bawat salin-lahi, ngunit isang katotohanan sa tanging isa (at ang isang ito ay ang inusig na isa). Ang mga mananampalataya ay kailangang mabuhay na parang Siya ay darating na bukas, ngunit magplano at ipatupad ang Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:19-20) kung Siya ay magtatagal pa.

Ang ilang mga talata sa Mga Ebanghelyo (cf. Marcos 13:10; Lucas 17:2; 18:8) at I at II Thesalonica ay nakabatay isang ipinagpalibang Pangalawang Pagdating (*Parousia*). Maryoong ilang pang-kasaysayan pangyayari na kailangang munag mangyari:

1. Ang paglaganap ng ebanghelyo sa buong mundo (cf. Mateo 24:14; Marcos 13:10)
2. ang kapahayagan ng “ang tao ng Kasalanan” (cf. Mateo 24:15; II taga-Tesalonica 2; Pahayag 13)
3. ang dakilang pag-uusig (cf. Mateo 24:21,24; Pahayag 13)

Mayroong isang maka-layunin na kalabuan (cf. Mateo 24:42-51; Marcos 13:32-36)! Mamuhay araw-araw na parang sa iyong huling araw ngunit magplano at magsanay para sa hinaharap na gawain!

**HINDI PAGBAGO-BAGO AT PAGTITIMBANG**

Ito ay kailangang sabihin na ang iba’t-ibang mga paaralan ng makabagong eskatolohikong pagpapaliwanag, lahat ay naglalaman ng kalahating mga katotohanan. Kanilang ipinapaliwanag at mahusay na binibigyang-kahulugan ang ilang mga teksto. Ang suliranin ay makikita sa hindi pagbago-bago at pagtitimbang. Kadalasang mayroong isang pangkat ng mga pagpapalagay na ginagamit sa biblikal na teksto upang punuan ang itinakdang teolohikong balangkas. Ang Bibliya ay hindi naghahayag ng isang lohiko, sunod-sunod, sistematikong eskatolohiya. Ito ay tulad ng isang album na pampamilya. Ang mga larawan ay totoo, ngunit hindi palaging nasa ayas, sa konteksto, sa isang lohikong pagkakasunod-sunod. Ang ilang mga larawan ay natanggal sa album at ang mga

sumunod na salin-lahi ng mga myembro ng pamilya ay hindi nalalamang may katiyakan kung paano sila maibabalik. Ang susi sa wastong pagpapaliwanag ng Pahayag ay ang layunin ng orihinal na may-akda na inihahayag sa kaniyang pagpili ng pampanitikang genre. Karamihan sa nagpapaliwanag ay sinusubukang dalhin ang kanilang mga kasangkapan at mga pamamarang exegetical mula sa ibang mga genre ng NT sa kanilang mga pagpapaliwanag ng Pahayag. Sila ay nakatuon sa OT sa halip na sundin ang mga katuruan nina Hesus at Pablo na nagtatakda ng teolohikong kayarian at hayaang ang Pahayag ang kumilos bilang naglalarawan.

Kailangan kong aminin na aking pamamaraan sa komentaryong ito ng Pahayag ay may ilang takot at pangamba, hindi dahil sa sumpa ng Pahayag 22:18-19, ngunit dahil sa antas ng pagtatalo sa pagpapaliwanag sa aklat na ito ay magdudulot at nagpapatuloy na magdulot sa mga tao ng Diyos. Iniibig ko ang kapahayagan ng Diyos. Ito ay tunay habang ang lahat ng tao ay mga sinungaling (cf. taga-Roma 3:4)! Gamitin ang komentaryong ito bilang isang pagtatangka na maging pamukaw-isap at hindi pangkahulugan lamang, bilang isang posteng pananda at hindi isang mapa ng mga daan, bilang isang "ano kung," hindi isang "ito ang sinasabi ng Panginoon." Ako ay dumating sa pagharap ng aking sariling mga kakulangan, mga pagkiling, at teolohikong agenda. Nakita ko na rin ang sa ibang mga taga-pagbigay kahulugan. Ito ay halos tila nakikita ng tao sa Pahayag kung ano ang inaasahan nilang makita. Ang genre ay dinadala siya sa pag-abuso! Gayunman, ito ay nasa Bibliya para sa isang layunin. Ang kinalalagyan nito bilang pangwakas na "salita" ay hindi isang aksidente. Ito ay may isang mensahe mula sa Diyos sa Kaniyang mga anak ng bawat at bawat saling-lahi. Ninanais ng Diyos na tayo ay makaunawa! Tayo ay magkaisa, hind para magkaniya-kaniya; tayo ay manindigan sa kaung ano ang malinaw at sentro, hindi lahat ng maaari maging, pwede maging, ay maaaring maging totoo. Tulungan tayo ng Diyos sa lahat ng ito!

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 37:1-6**

**[1]Huwag kang mabalisa dahil sa mga manggagawa ng kasamaan,**
**ni managhili ka man sa kanila na nagsisigawa ng kalikuan.**
**[2]Sapagka't sila'y madaling puputuling gaya ng damo**
**at matutuyong gaya ng sariwang damo.**
**[3]Tumiwala ka sa PANGINOON, at gumawa ka ng mabuti;**
**tumahan ka sa lupain, at gawin mong kumain sa kaniyang pagkatapat.**
**[4]Magpakaligaya ka naman sa PANGINOON;**
**at bibigyan ka niya ng nasa ng iyong puso.**
**[5]Ihabilin mo ang iyong lakad sa PANGINOON,**
**tumiwala ka rin naman sa kaniya, at kaniyang papangyayarihin.**
**[6]At kaniyang palalabasing gaya ng liwanag ang iyong katuwiran**
**at ang iyong kahatulan ay gaya ng katanghaliang tapat.**

**37:1-6** Ang istropang ito ay may pitong MGA PAUTOS at tatlong MGA PANGKAUTUSAN. Ang mga ito ay hindi mga panalangin ngunit mga pagpapaalala sa matatapat (i.e., anong dapat gawin at anong di dapt gawin).

1. huwag kang mabalisa – BDB 354, KB 351, *Hithpael* PANGKAUTUSAN, katulad na anyo sa vv. 7,8; tingnan ang Kawikaan 24:19; ang salita ay nangangahulugang "masunog," o "magningas" at ginamit na paglalarawan sa galit; dito, ito ay tinambal sa "mainggit" (BDB 888)
2. huwag kang mainggit – BDB 888, KB 1109, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 73:3; Kawikaan 3:31; 23:17; 24:1,19

Ang mga buhay ng masasama ay mukhang matagumpay at masaya ngunit sila ay maikli ang buhay;

sila ay hindi magmamana sa katapusan ng ipinangakong lupain.

1. sila ay madaling puputuling gaya ng damo – BDB 576, KB 593, *Qal* DI-GANAP, cf. Job 14:2; Awit 90:5- 6; 103:15-16; Isaias 40:6-8
2. sila ay matutuyong gaya ng sariwang damo – BDB 615, KB 663, *Qal* DI-GANAP

Sa liwanag ng pagiging pansamantala ng mga walang pananampalataya, ang matapat na mga tagasunod ay kailangan (37:3-5 ay may 7 MGA PAUTOS)

1. magtiwala kay YHWH – BDB 105, KB 120, *Qal* PAUTOS, cf. vv. 3,5; Awit 52:8; 62:8; Kawikaan 3:5-6
2. gumawa nang mabuti – BDB 793, KB 889, *Qal* PAUTOS
3. tumahan sa lupain – BDB 1014, KB 1496, *Qal* PAUTOS
4. pagyamanin ang katapatan – BDB 944, KB 1258, *Qal* PAUTOS
5. magpakaligaya kay YHWH – BDB 772, KB 851, *Hithpael* PAUTOS (i.e., hindi sa pisikal na kasaganahan)
6. ibilin ang iyong lakad (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2) kay YHWH – BDB 164, KB 193, *Qal* PAUTOS
7. magtiwala sa Kaniya – BDB

katulad sa #1, si YHWH ay

1. ibibigay (BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP) sa matapat na tagasunod "ang mga nasa ng iyong puso," v. 4
2. "Kaniya papangyarihin ito" (BDB 793, KB 889, *Qal* DI-GANAP), v. 5
3. kaniyang palalabasing gaya ng liwanag ang iyong katuwiran
4. kaniyang palalabasing gaya ng katanghaliang tapat ang iyong kahatulad (#3 at #4 ay magkakaagapay at tila ito ay tumukoy sa isang kaso sa hukuman o paglalarawan ng huling-araw na kahatulan)

**37:4b** Ang linya ng tulaan ito ay palaging may kahalagahang sa akin sa personal, ngunit hindi ko tiyak kung nabigyang kahulugan ko ito nang tama. Kadalasan ko itong ginagamit upang ipahayag na kung ang tayo ay matapat na mga tagasunod, ay magnanais nang tamang mga bagay sapagkat pinagbigyan-alam ni YHWH ito sa ating mga puso (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:26-27). Ngunit ito ay tiyakang maaaring tumukoy sa mga natugunang panalangin ng matapat na tagasunod (cf. Awit 20:4-5; 21:2; 145:19; Mateo 7:7-8). Ang teolohikong isyu ay naglalaro sa pagitan ng pagka-soberano ng Diyos at malayang pagpili ng tao (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 25:12; NIDOTTE, tomo 3, p. 444). Minsan ang maingat na exegesis ay nakakasira sa isang mabuting pangangaral!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 37:7-11**

**7Ikaw ay magpahinga sa Panginoon, at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya;**
**huwag kang mabalisa ng dahil sa kaniya na gumiginhawa sa kaniyang lakad,**
**dahil sa lalake na nagpapangyari ng mga masamang katha.**
**8Maglikat ka ng pagkagalit, at bayaan mo ang poot;**
**huwag kang mabalisa, iya'y maghahatid lamang sa paggawa ng kasamaan.**
**9Sapagka't ang mga manggagawa ng kasamaan ay mangahihiwalay,**
**nguni't yaong nagsipaghintay sa Panginoon, ay mangagmamana sila ng lupain.**
**10Sapagka't sangdali na lamang, at ang masama ay mawawala na;**
**Oo, iyong uusisaing mainam ang kaniyang dako, at siya'y mawawala na.**
**11Nguni't ang maamo ay magmamana ng lupain**
**at masasayahan sa kasaganaan ng kapayapaan.**

**37:7-11** Ito ay isang pagpapatuloy ng naunang istropa.

1. mga pagpapaalala sa mga matatapat

a. magpahinga kay YHWH – BDB 198, KB 226, *Qal* PAUTOS
b. maghintay nang may pagtitiis para sa Kaniya – BDB 296, KB 297, *Hithpolel* PAUTOS (i.e., para kay YHWH na kumilos nang pansamantala at pang-eskatolohiko)
c. huwag mabalisa – tulad ng 37:1
d. maglikat ng pagkagalit – BDB 951, KB 1276, *Hiphil* PAUTOS (i.e., huwag mong subukang ipaghinganti ang iyong sarili)
e. bayan ang poot – BDB 736, KB 806, *Qal* PAUTOS
f. huwag mabalisa – tulad ng 37:1,7

2. sapagkat ang kahihinatnan ng walang pananampalataya ay tiyak
   a. kaniyang kasaganahan ay puputulin (i.e., kamatayan)
   b. ang masasama ay walang kalalagyan (tulad ng mga ligaw ng bulaklak na wala sa panahon)
3. samakatuwid, ang matapat (i.e., sa kanilang paghihintay para kay YHWH, v. 9b)
   a. ay mamanahin ang lupain, cf. 37:9,11,22,29,34, tingnan ang tala D. sa Mga Kontekstuwal na Kaunawaan; at Natatanging Paksa sa Awit 1:2)
   b. ay malulugod sa kanilang mga sarili sa mayabong na kasaganahan

**37:7 "maghintay na may pagtitiis"** Ang MT ay may PANDIWA (BDB 296 I, KB 297), sa literal ay "pag-inog," "pagsayaw," "pamimilipit" (i.e., sa sakit). Ito ay na ginamit sa kaunawaan ng "paghihintay" sa Job 35:14 (*Polel*). Dito lamang sa Awit 37:7 (*Hithpolel*) ito ay nangangahulugang "maghintay nang may pagtitiis." Dahil dito, ang NET Bible (cf. p. 895, #9) ay nagmungkahin ng isang pag-aayos sa isang naiibang Hebreong ugat (i.e., mula sa חיל patungo sa יחל, BDB 403, *Hiphil*).

**37:8** Dito muli ay ang pag-uulit ng pagbibigay-diin sa OT ng pagka-soberano at pagkaalam sa simula pa lang ng Diyos (cf. 37:23). Ang lahat ng kasaysayan ay kasalukuyan sa Kaniya. Ang matatapat na mga tagasunod ay nagtitiwala na

1. ang nakalipas ay pinatawad
2. ang kasalukuyan ay pinapalakas
3. ang panghinaharap ay tinitiyak

**37:10 "Sapagka't sangdali na lamang"** Ito ay Hebreong paglalarawan para sa mga itinalagay mga kaganapan. Si YHWH ay pamamahala sa panahon. Mayroong isang plano, layunin, at matuwid na kahihinantnan. Ang katuwiran ay magiging matagumpay sa huli at ang kasalanan ay mahahayag, hahatulan at aalisin (cf. 37:13)!

**37:11 "ang maamo ay magmamana ng lupain"** Ito ay sinipi ni Hesus sa beatitude ng Mateo 5:5 (LXX), kung saan ang "lupain" ay ginawang "mundo" (tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 37:12-15**

**12 Ang masama ay kumakatha laban sa ganap**
**at pinagngangalit sa kaniya ang kaniyang mga ngipin.**
**13 Tatawanan siya ng PANGINOON,**
**sapagka't kaniyang nakikita na ang kaniyang kaarawan ay dumarating.**
**14 Hinugot ng masama ang tabak, at inihanda ang kanilang busog**
**upang ilugmok ang dukha at mapagkailangan,**
**upang patayin ang matuwid sa paglakad.**
**15 Ang kanilang tabak ay masasaksak sa kanilang sariling puso,**
**at ang kanilang busog ay mababali.**

**37:12-15** Ang mga pagkilos ng mga masasama laban sa pagtugon ng matapat at ni YHWH.

1. ang masasama
    a. kumakatha laban sa matuwid
    b. nagngangalit (kanilang ngipin) sa kaniya/kanila, cf. Job 16:9; Awit 35:11; Panaghoy 2:16; Mga Gawa 7:54
    c. hinugot ang kanilang mga tabak
    d. hinugot ang kanilang busog
        (1) upang ilugmok ang nagdadalamhati
        (2) upang ilugmok ang mapagkailangan
        (3) patayin ang matuwid
2. ang pagtugon ni YHWH
    a. tatawanan siya/sila ng Panginoon, cf. Awit 2:4; 59:9
    b. Kaniyang nakikita ang kaniyang/kanilang kaarawang (i.e., of kahatulan) darating, kapwa pansamantala at eskatolohiko
    c. kanilang tabak ay mababali (pagkabaliktad sa pamamagitan ni YHWH)
    d. kanilang busog ay mababali (pagkabaliktad sa pamamagitan ni YHWH)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 37:16-22**

**16 Mainam ang kaunti na tinatangkilik ng matuwid**
**kay sa kasaganaan ng maraming masama.**
**17 Sapagka't ang mga bisig ng masasama ay mangababali,**
**nguni't inaalalayan ng PANGINOON ang matuwid.**
**18 Nalalaman ng Panginoon ang kaarawan ng sakdal,**
**at ang kanilang mana ay magiging sa magpakailan man.**
**19 Hindi sila mangapapahiya sa panahon ng kasamaan,**
**at sa mga kaarawan ng kagutom ay mangabubusog sila.**
**20 Nguni't ang masama ay mamamatay;**
**at ang mga kaaway ng Panginoon ay magiging gaya ng taba ng mga kordero,**
**sila'y mangapupugnaw: sa usok mangapupugnaw sila.**
**21 Ang masama ay humihiram, at hindi nagsasauli,**
**nguni't ang matuwid ay nahahabag, at nagbibigay.**
**22 Sapagka't ang mga gayong pinagpala ng Panginoon ay mangagmamana ng lupain,**
**at silang sinumpa niya ay mahihiwalay.**

**37:16-22** Ang istropang ito ay isang kalipunan ng mga kaibahan (antithetikong pagkakaagapay).

1. Talata 16
    a. mainam ang kaunti na tinatangkilik ng ng matuwid (cf. Kawikaan 15:16-17; 16:8; 28:6; ito ay ang teolohikong pagtitimbang sa 37:25)
    b. kaysa kasaganahan ng maraming masama (i.e., huwag mabalisa sa tila kasaganahan ng masama, 37:1-2)
2. Talata 17
    a. ang mga bisig ng masasama ay mangababali
    b. inaalalayan ni YHWH ang matuwid
3. Mga talata 18-20
    a. ang sakdal, vv. 18-19
        (1) nalalaman ni YHWH ang kanilang kaarawan
        (2) kanilang mamanahin ay magpakailanman
        (3) sila ay hindi mangapapahiya sa kasamaan
        (4) sa kaarawan ng pagkagutom, sila bubusugin
    b. ang masasama
        (1) ay mamamatay

(2) ay mangapupugnaw (MT walang katiyakan, konteksto ay nagmumungkahi, tulad ng mga bulaklak sa tagsibol, cf. v. 2)

4. Talata 21
   a. ang masama ay humihiram at hindi nagsasauli
   b. ang matuwid ay mapagbiyaya at nagbibigay
5. Talata 22
   a. silang pinagpala ni YHWH ay mangagmamana ng lupain
   b. silang sinumpal ni YHWH ay mahihiwalay

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 37:23-26**

**23 Ang lakad ng tao ay itinatag ng PANGINOON,**
**at siya'y nasasayahan sa kaniyang lakad.**
**24 Bagaman siya'y mabuwal, hindi siya lubos na mapapahiga,**
**Sapagka't inaalalayan siya ng Panginoon ng kaniyang kamay.**
**25 Ako'y naging bata, at ngayo'y matanda,**
**gayon ma'y hindi ko nakita ang matuwid na pinabayaan**
**ni ang kaniyang lahi man ay nagpapalimos ng tinapay.**
**26 Lahat ng araw ay nahahabag, at nagpapahiram,**
**at ang kaniyang lahi ay pinagpapala.**

**37:23-26** Ang istropang ito ay naglalarawan ng matapat na tagasunod(mga).

1. kaniyang mga lakad ay itinatag ni YHWH
2. si YHWH ay nasasayahan sa kaniyang lakad
3. bagama siya ay mabuwal
   a. hindi lubog na mapapahiga (i.e., paglalarawan ng pagkawasak)
   b. sapagkat inaalalayan ni YHWH ang kaniyang kamay (ang mga banal ay manghihina sa tuwi-tuwina ngunit si YHWH ay hindi)
4. salmista (na may karanasan ng isang habang-buhay) ay hindi pa nakita ang matuwid na pinabayaan
5. salmista ay hindi pa nakita ang kaniyang lahi na nagpapalimos ng tinapay
6. siya ay mapagbiyaya at nagpapahiram
7. ang kaniyang lahit ay pinagpala

**37:25** Ito ay isang OT na pananawa batay sa Mosaikong kasunduan (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30). Ito ay hindi dapat mangahulugan ngayon na ang lahat ng kaawa-awa at nangangailangang mga tao ay hindi magiging mananampalataya. Ang mga kasunduan ay nabago, tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal D. Para sa isang mabuting maikling pagtalakay ng talatang ito, tingnan ang *Hard Sayings of Bible*, pp. 267-268.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 37:27-34**

**27 Ikaw ay humiwalay sa kasamaan, at gumawa ka ng mabuti,**
**at manahan ka magpakailan man.**
**28 Sapagka't iniibig ng PANGINOON ang kahatulan**
**at hindi pinababayaan ang kaniyang mga banal;**
**sila'y iniingatan magpakailan man,**
**nguni't ang lahi ng masama ay mahihiwalay.**
**29 Mamanahin ng matuwid ang lupain**
**at tatahan doon magpakailan man.**
**30 Ang bibig ng matuwid ay nangungusap ng karunungan,**
**at ang kaniyang dila ay nagsasalita ng kahatulan.**

**[31]Ang kautusan ng kaniyang Diyos ay nasa kaniyang puso;**
**walang madudulas sa kaniyang mga hakbang.**
**[32]Inaabatan ng masama ang matuwid**
**at pinagsisikapang patayin niya siya.**
**[33]Hindi siya iiwan ng PANGINOON sa kaniyang kamay**
**ni parurusahan man siya pagka siya'y nahatulan.**
**[34]Hintayin mo ang PANGINOON, at ingatan mo ang kaniyang daan,**
**at ibubunyi ka upang manahin mo ang lupain;**
**pagka nahiwalay ang masama, iyong makikita.**

**37:27-34** Ang istropang ito, tulad ng vv. 1-6, ay may maraming MGA PAUTOS (6) na nagpapaalala sa mga matatapat. Ito ay isa pang istropa na naglalarawan ng mga pagkilos ng matapat na mga tagasunod.

1. mga pagpapaalala (i.e., MGA PAUTOS)
   a. humiwalay mula sa kasamaan, v. 27 – BDB 693, KB 747, *Qal* PAUTOS
   b. gumawa nang mabuti, v. 27 – BDB 793, KB 889, *Qal* PAUTOS, cf. 37:3
   c. manahan magpakailanman, v. 27 – BDB 1014, KB 1496, *Qal* PAUTOS, cf. 37:18,29
   d. maghintay kay YHWH, v. 34 – BDB 875, KB 1082, *Piel* PAUTOS, cf. 37:9
   e. ingatan ang Kaniyang daan, v. 34 – BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAUTOS
2. mga kadahilanan para sa mga pagpapaalala
   a. iniibig ni YHWH katuwiran
   b. hindi tatalikuran ni YHWH ang Kaniyang mga maka-Diyos
   c. sila ay iingatan magpakailanman
   d. sila ay magmamana ang lupain
   e. sila ay mananahan sa lupain magpakailanman
   f. sila ay magwiwika ng karunungan/katuwiran
   g. sila ay may kautusan ng Diyos sa kanilang/kaniyang mga puso
   h. kaniyang paa ay hindi nangadudulas
   i. hindi siya/sila pababayaan ni YHWH
   j. siya/sila ay hindi paparusahan sa kahatulan

Ang pagiging pangkasunduan mananampalataya ay binabago ang bawat aspeto ng buhay, mga layunin, at mga pag-asa. Mayroong isang radikal na pagkakaiba sa pagitan ng matapat na tagasunod at ang walang pananampalataya tao. Ang walang pananampalataya tao ay maaaring

1. isang sumasamba sa diyus-diyosan
2. isang masuwaying tao sa kasunduan
3. isang praktikal na ateista
4. isang walang malasakit na tagasunod
5. isang mapusok na mayamang tao
6. isang di-tapat na pulikong tao

Sa talata 32 siya inilalarawan bilang isa na (tingnan ang istropa 35-40)

1. inaabatan ng masama ang matuwid
2. pinagsisikapang patayin siya/sila

**37:28 "sila'y iniingatan magpakailan man"** Ang LXX ay binago ito sa "ang gumagawa ng kasamaan ay tutugisin." Ito ay inimungkahi upang panatilihin ang akrostik na kayarian (i.e., *'ayin*) at iakma ang pagkakaagapay. Ang UBS Text Project ay binibigyan ang MT ng isang "B" na antas (ilang pagduruda).

1. MT –נשמדו
2. LXX –נשדו (NEB, NJB, REB)

**37:31 "Ang Kautusan ng Diyos"** Ang terminong ito (BDB 435) ay isa sa maraming mga terminong

ginamit upang ilarawan kapahayagan ni YHWH sa Israel (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2).

▣ **"nasa kaniyang puso"** Ito ay ang pagsasaloog ng kapahayagang ng Diyos (i.e., ang Kautusan ng Diyos na isinulat sa puso) at isang tanda ng "bagong kasunduan" ng Jeremias 31:31-34.

▣ **"walang madudulas sa kaniyang mga hakbang"** Ang maka-Diyos na pamumuhay ay pasimbolong inalalarawan bilang isang matuwid, pantay, walang sagabal na landas, isang maliwanag na minarkahang daan (cf. v. 34a, "Kaniyang daan," tingnan ang tala sa Awit 1:1). Ang kasalungat nito ay

1. mga hakbang na madulas
2. sa lusak ng putikan
3. nabarahan

Sa NT, ang katulad na paglalarawan ay matatagpuan (i.e., "lakad," cf. taga-Efeso 4:1,17; 5:2,15).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 37:35-40**

**35 Aking nakita ang masama sa malaking kapangyarihan**
**at lumalaganap na gaya ng sariwang punong kahoy sa kaniyang lupang tinubuan.**
**36 Nguni't may dumaan at, narito, wala na siya;**
**Oo, hinanap ko siya, nguni't hindi siya masumpungan.**
**37 Tandaan mo ang sakdal na tao, at masdan mo ang matuwid;**
**sapagka't may isang maligayang wakas sa taong may kapayapaan.**
**38 Tungkol sa mga mananalangsang, mangalilipol silang magkakasama;**
**ang huling wakas ng masama ay mahihiwalay.**
**39 Nguni't ang kaligtasan ng matuwid ay sa PANGINOON;**
**siya'y ang kanilang kuta sa panahon ng kabagabagan.**
**40 At sila'y tinutulungan ng PANGINOON, at sinasagip sila;**
**sinasagip niya sila sa masama, at inililigtas sila,**
**Sapagka't sila'y nagsipagkanlong sa kaniya.**

**37:35-40** Ang istropang ito ay binubuod ang kaibahan sa pagitan ng matuwid at masama.

1. ang masama
   a. marahas (sa literal "nagdudulot ng takot," BDB 792)
   b. lumalaganap (napakabilis, BDB 947) ang kaniyang mapanghikayat na kapangyarihan at kontrol tulad ng isang marangyang puno sa lupain (MT walang katiyakan)
   c. kaniyang mga kaarawan ay nabibilang at hindi na siya masumpungan
   d. siya/sila ay malilipol kasama ng kanilang mga anak (tingnan ang tala sa ibaba sa #2 c.)
2. ang matuwid
   a. tandaan (sa literal "keep watch") ang sakdal na tao (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 18:20-24) – BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAUTOS
   b. masdan ang matuwid – BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS
   c. ang taong may kapayapaan ay may isang maligayang wakas (alinman sa pangalawang-buhay o mga anak)
   d. sila ay ililigtas ni YHWH
   e. si YHWH ay kanilang kalakasan sa panahon ng pagkabagabag
   f. tutulungan sila ni YHWH
   g. sasagipin sila ni YHWH

Ang lahat ng ito ay magaganap sapagkat sila ay nanganlong sa Kaniya

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang Awit na ito sa Awit 49 at 73, at sa aklat ni Job?
2. Bakit inilalarawan ng mga tao sa mga terminong damo at mga bulaklak?
3. Ano ay etimolohiya ng terminong "pagtitiwala" at ano ang kahalagahan nito para sa ating mga buhay?
4. Ano ay sentrong paksa ng Awit na ito?
5. Bakit ang mga talata 16 at 24 ay mahalagang pagtitimbang sa tradisyonal na karunungan sa OT?
6. Nagtuturo ba ang Awit na ito ng pansamantala o eskatolohikong kahatulan? Bakit?

# AWIT 38

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin ng isang Nagdu-rusang Nagsisisi | Panalangin sa Panahon ng Pagpapalo | Panalangin para sa Pagpapa-ng Karamdaman (Isang Panaghoy) | Ang Panalangin ng isang Nagdurusa | Panalangin sa Pagkabalisa |
| <u>Panimula sa MT</u> | | | | |
| "Isang *Awit* ni David para sa pag-alaala | | | | |
| 38:1-8 | 38:1-2 | 38:1-2 | 38:1-2 | 38:1-3 |
| | 38:3-5 | 38:3-4 | 38:3-4 | |
| | | | | 38:4-6 |
| | | 38:5-6 | 38:5-8 | |
| | 38:6-8 | | | |
| | | 38:7-8 | | 38:7-8 |
| 38:9-12 | 38:9-10 | 38:9-11 | 38:9-12 | 38:9-10 |
| | 38:11-12 | | | 38:11-12 |
| | | 38:12 | | |
| 38:13-22 | 38:13-14 | 38:13-14 | 38:13-14 | 38:13-14 |
| | 38:15-20 | 38:15-16 | 38:15-17 | 38:15-16 |
| | | 38:17-20 | | 38:17-18 |
| | | | 38:18-20 | |
| | | | | 38:19-20 |
| | 38:21-22 | 38:21-22 | 38:21-22 | 38:21-22 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang Awit na ito ay may maraming pagkakahawig sa Awit 32 at 51.

B. Sa pang-Hudyong kaisipan ang kasalanan at pagkakasakit ay magkaugnay. Ang pagpapahayag ng kasalanan ay nagbubunga na natugunang panalangin at pagpapanumbalik ng kaisipan, espiritu, at katawan.

Kapag ang isa ay titingin sa lahat ng ang pisikal na mga suliraning nabanggit, sila ay napakarami upang mga katangian ng isang karamdaman. Maaaring sila ay matalinghaga (cf. Isaias 1:5-6). Kung gayon, ang pagtuon ng Awit ay hindi pisikal na pagpapagaling ngunit kapatawaran ng kasalanan!

C. Gaya ng napakaraming Awit, ang kaugnayan sa pagitan ng
   1. ang pisikal na mga suliranin
   2. ang paglusob ng mga kaaway
   3. ang pagtanggi ng mga kaibigan

   ay walang katiyakan. Silang lahat ay magkaugnay ngunit kung paano ay isang hiwaga. Sila ba ay literal o matalinghagang mga kahihinatnan sa lipunan?

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 38:1-8**

**1 Oh PANGINOON, huwag mo akong sawayin sa iyong pag-iinit,**
**ni parusahan mo man ako sa iyong mahigpit na sama ng loob.**
**2 Sapagka't ang iyong mga pana ay nagsitimo sa akin,**
**at pinipisil akong mainam ng iyong kamay.**
**3 Walang kagalingan sa aking laman dahil sa iyong pagkagalit;**
**ni may kaginhawahan man sa aking mga buto dahil sa aking kasalanan.**
**4 Sapagka't ang aking mga kasamaan ay nagsidaan sa ibabaw ng aking ulo;**
**gaya ng isang pasang mabigat ay napakabigat sa akin.**
**5 Ang aking mga sugat ay mabaho, at nagnaknak**
**dahil sa aking kamangmangan.**
**6 Ako'y nahirapan at ako'y nahukot;**
**ako'y tumatangis buong araw.**
**7 Sapagka't ang aking mga balakang ay lipos ng hirap,**
**at walang kagalingan sa aking laman.**
**8 Ako'y nanglalata, at bugbog na mainam;**
**ako'y umangal dahil sa kaba ng aking loob.**

**38:1-8** Karamihan sa ibang mga saling ingles ay hinati ang bahaging ito sa maraming mga istropa. Ang paghahati ng istropa ay hindi isang tekstuwal na isyu. Ito ay isang haka-haka hindi inspirasyon.

Ang salmista ay inilalarawan ang kaniyang kalagayan at mga nararamdaman.

1. kanyang naramdaman ang galit ni YHWH
   a. huwag mo akong sawayin sa iyong kapootan – BDB 406, KB 410, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 6:1
   b. huwag mo akong parusahan sa iyong mahigpit na sama ng loob – BDB 415, KB 418,

*Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan; ang PANDIWA na ito ay kadalasang ginagamit mga sumusuway sa kasunduan (cf. Levitico 26:18,28; Awit 6:1; 39:11; 94:10; 118:18; Osea 10:10)

2. kanyang nararamdaman ang pagpaparusa ni YHWH
   a. ang iyong mga pana ay nagsitimo sa akin, cf. Deuteronomio 32:23; Job 6:4; Awit 7:12-13; 45:5
   b. ang iyong kamay ay pinipisal akong mainam, cf. Awit 32:4; 39:10 (pansinin na katulad na PANDIWA ay nasa kapwa linya ngunit ginamit sa magkaibang kaunawaan, BDB 639, KB 692)
3. ang pisikal na bunga ng galit ni YHWH (dahil sa kasalanan, 38:3b,4,5b)
   a. kalang kagalingan (BDB 1022, *shalom*) ang aking laman
   b. walang kaginhawahan sa aking mga buto
   c. mga sugat (sa literal ay "mga guhit," BDB 289) ay mabaho (BDB 92, KB 107, *Hiphil* GANAP) at putokputok (BDB 596, KB 583, *Qal* GANAP)
   d. nahirapan ("baluktot," BDB 730, KB 796, *Niphal* GANAP; "nahukot," BDB 1005, KB 1458, *Qal* GANAP, cf. Awit 35:14) sa pagtatangis
   e. mga balakang ay lipos (BDB 569, KB 583, *Qal* GANAP) ng hirap
   f. inulit ang a. sa itaas
   g. nanglalata (BDB 806, KB 916, *Niphal* GANAP, sa literal ay "naubos")
   h. bugbog (BDB 194, KB 221, *Niphal* GANAP, *Piel* sa Awit 51:8)
   i. umangal (BDB 980, KB 1367, *Qal* GANAP, i.e., mga tunog ng hayop)

Pansinin ang pasunod-sunod na GANAP NA PANAHUNAN NG MGA PANDIWA. Ang "galit" (BDB 893) at "poot" (BDB 409) ni YHWH ay dumating (MGA DI-GANAP) at nanatili (MGA GANAP)! Ano isang kakilakilabot na kalagayan ng kaisipan (38:4, 8b) at katawan!

**38:4 "sa ibabaw ng aking ulo"** Ang PANDIWA na ito (BDB 716, KB 778, *Qal* GANAP) ay gumamit ng tubig.

1. baha bilang digmaan – Isaias 8:8; 23:10; Daniel 11:10,40; Nahum 1:8
2. mga alon – literal sa Isaias 54:9
3. mga alon – paglalarawan sa mga suliranin at mga damdamin – Awit 42:8; 88:16-17; 124:4-5

Ang pagkakasala ng salmista mula sa kasalanan ay napuspos siya!

**38:5 "nagnaknak"** Ang PANDIWA na ito (BDB 596, KB 628, *Niphal* GANAP) ay ginamit sa Levitico 26, ang pagsusumpa at pagpapalang talata na kaagapay sa Deuteronomio 27-28. Ito ay tumutukoy sa isang "mabahong pagkabulok" (cf. Levitico 26:39 [dalawang beses]). Ang kasalanan ay nagwawasak! Kadalasan ay kakila-kilabot na paraan!

**38:6 "tumatangis"** Ang terminong ito ay mula sa ang Hebreong ugat na "maging madilim" (BDB 871). Ito ay maaaring mangahulugang

1. nakasuot ng madilim na kasuotan bilang isang tanda ng padadalamhati
2. putik na inilagay sa uto at kasuotan bilang isang tanda ng pagdadalamhati
3. isang wikain para sa kalagayan ng puso, kaluluwa, kaisipan (dito dahil ng nalalamang kasalanan)

▣ **"Ako'y nahirapan at ako'y nahukot"** Mayroong dalawang magkakaagapay na MGA PANDIWA.

1. nahirapan – BDB 730, KB 796, *Niphal* GANAP na maaaring makita bilang
   a. kalituhan – Isaias 21:3
   b. kabuktutan ng kaisipan – 1 Samuel 20:30; Kawikaan 12:8
   c. literal – na tumutugma sa magkakaagapay na PANDIWA
2. nahukot – BDB 1005, KB 1458, *Qal* GANAP na tila tumutukoy sa isang baluktot na katawan

bilang isang larawan ng baluktot na puso

**38:7 "mga balakang"** Mayroong maraming mga terminong na ginamit sa OT upang ipakilala ang buong pagkatao.

1. kaluluwa – BDB 659, *nephesh*
2. espiritu – BDB 924, *ruah*
3. puso – BDB 524, *leb*
4. bato (kidney) – BDB 480
5. tanging dito, mga balakang – BDB 492

Mayroong marami pang iba. Tanging ang konteksto ang magtatakda ng kahulugan ng konseptong ito. Ang isang bahagi ng katawan ay kumakatawan sa buong pagkatao.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 38:9-12**
**9 PANGINOON, lahat ng aking nais ay nasa harap mo;**
**at ang aking hibik ay hindi lingid sa iyo.**
**10 Ang aking loob ay kakabakaba, ang aking kalakasan ay nanglalata;**
**tungkol sa liwanag ng aking mga mata, ay napawi rin ito sa akin.**
**11 Ang mga mangliligaw at mga kaibigan ko ay nangatayong malayo sa aking salot;**
**at ang aking mga kamaganak ay nakalayo.**
**12 Sila namang nangaguusig ng aking buhay ay nangaglagay ng mga silo na ukol sa akin;**
**at silang nagsisihanap ng aking ikapapahamak**
**ay nangagsasalita ng mga masasamang bagay,**
**at nangagiisip ng pagdaraya buong araw.**

**38:9-12** Ang istropang ito rin ay naglalarawan ng kakila-kilabot na kalagayan ng may-akda.

1. kaniyang kalagayan
   a. kaniyang hangarin (i.e. panalangin) ay sa harapan ni YHWH (i.e., para sa kapatawaran at pagpapanumbalik ng pagsasama-sama)
   b. kaniyang hinagpi ay nalalaman ni YHWH, cf. Awit 31:10
2. kaniyang pisikal na kalagayan
   a. ang puso ay pumipintig – BDB 695, KB 749, *Niphal* GANAP
   b. ang kalakasan ay nanghihina – BDB 736, KB 806, *Qal* GANAP
   c. mga mata nanlalabo – walang MGA PANDIWA; ito ay hindi tumutukoy sa pagkabulag ngunit isang wikain para sa kakulangan ng kalusugan, kaligayahan, kapayapaan, cf. Awit 13:3; 1 Samuel 14:29; Ezra 9:8
3. interpersonal na mga isyu
   a. ang mga mahal sa buhay ay malalayo
   b. ang mga kaibigan ay malalayo
   c. ang mga kamag-anak ay malalayo
   d. mga kaaway hinahanap ang kaniyang kamatayan
      (1) naglalagay ng silo
      (2) nagsisihanap ng ikapapahamak
      (3) nangag-iisip ng pandaraya buong araw; ang PANDIWA BDB 211, KB 237, ay sa literal "dumadaing." Ang salmista "ay dumadaing" (BDB 980, v. 8) ngunit ang masama "nangag-iisip ng pandaraya" (cf. Kawikaan 24:2).

**38:11**
**NASB, NKJV "salot"**
**NRSV, JPSOA "paghihirap"**

**TEV** **"mga sugat"**
**NJB** **"sakit"**
**REB** **"karamdaman"**

Ang salita (BDB 619) ay nangangahulugang "paghampas/sugat," "salot," o "tanda."

1. salot – cf. Genesis 12:17; Exodo 11:1; 1 Hari 8:37-38; 2 Cronica 6:28-29; Awit 39:10; 91:10
2. ketong (OT na kaunawaan) – Levitico 13-14; Deuteronomio 24:8
3. sugat – Deuteronomio 17:8; 21:5; Isaias 53:8
4. disiplina (para sa mga anak) – 2 Samuel 7:14; Awit 89:33; Kawikaan 6:23

Karamihan ng mga salita ay maraming pagkakagamit o kung hindi, ang pantaong bokabularyo ay imposibleng malaman at magamit. Kapag ang isang tapagpaliwanag ay dumating sa isang konteksto, sila ay naghahanap ng nilalayong kahulugang sa pamamagitan ng ang orihinal na may-akda at nauunawaan ng mga tagapakinig/mambabasa ng panahong iyon. Ang kontekstong ito ay isang maka-Diyos na pagkakaloob ng pisikal na pagpapakita ng Kaniyang pagkagalit sa kasalanan ng tao. Ang pagpaparusa ay ay nangangahulugan ng pagpapanumbalik ng tao sa pananampalataya. Sa talatang ito, ang pagkakaagapay ay nagmumungkahi na ang pisikal na pagpaparusa ay nakakapagpatakot sa kanilang nakakita nito, kahit na ang malalapit na kaibigan at mga kamag-anak.

Samakatuwid, sa pagdating sa isang pagpili, maraming mga bagay ang isinasaalang-alang.

1. Ano pisikal na pagpapakita?
2. Bakit pagpapakita?
3. Bakit ang pagtugon mula sa iba ay malapit?
4. Ito ba ay paglalarawan o literal?

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 38:13-22**

**13 Nguni't ako'y gaya ng binging tao, na hindi nakakarinig;**
**at ako'y gaya ng piping tao, na hindi ibinubuka ang kaniyang bibig.**
**14 Oo, ako'y gaya ng tao na hindi nakakarinig,**
**at sa kaniyang bibig ay walang mga kasawayan.**
**15 Sapagka't sa iyo, Oh PANGINOON ay umaasa ako;**
**ikaw ay sasagot, Oh PANGINOON kong Diyos.**
**16 Sapagka't aking sinabi: "Baka ako'y kagalakan nila,**
**pagka ang aking paa ay nadudulas, ay nagsisipagmataas sila laban sa akin."**
**17 Sapagka't ako'y madali ng mahulog,**
**at ang aking kapanglawan ay laging nasa harap ko.**
**18 Sapagka't aking ipahahayag ang aking kasamaan;**
**aking ikamamanglaw ang aking kasalanan.**
**19 Nguni't ang aking mga kaaway ay buhay at malalakas,**
**at silang nangagtatanim sa akin na may kamalian ay dumami.**
**20 Sila namang nangagbabayad ng kasamaan sa mabuti ay mga kaaway ko,**
**sapagka't aking sinunod ang bagay na mabuti.**
**21 Huwag mo akong pabayaan, Oh PANGINOON;**
**Oh Diyos ko, huwag kang lumayo sa akin!**
**22 Magmadali kang tulungan mo ako,**
**Oh PANGINOON na aking kaligtasan!**

**38:13-22** Ang istropang ito ay may isang paghahalo ng kasalukuyang mga kalagayan (sakit, lungkot, kapinsalaan) at panghinaharap na pag-asa sa kahabagan ni YHWH.

1. kasalukuyang pisikal na mga suliranin
   a. hindi nakakarinig (i.e., nagpapanggap na hindi nakakarinig ng kanilang paninirang-puri), v. 13; Awit 39:2,4

b. hinid nakakapagsalita (i.e., pagtugon sa kaniyang tagapagbintang, cf. Isaias 53:7), v. 13b
c. handa ng mahulog, vv. 16b-17a; talinghaga para sa pagkabagabag, cf. Deuteronomio 32:35; ang landas ng Diyos ay tuwid, pantay, at walang balakid
d. kapanglawan ay laging nasa harap ko (kaniyang kasalanan ay napakabigat sa kaniya), v. 17b; Awit 51:3
e. puno ng kapanglawan, v. 18

2. kaniyang mga kaaway ay lumulusob, vv. 16,19-20
   a. sila ay lumalakas at dumadami, v. 19a
   b. sila ay nagtatanim sa aking ng kamalian, v. 19b
   c. sila ay nangagbabayad ng kasamaan para sa mabuti, v. 20; Awit 35:12; 109:5
   d. sila ay mga kaaway ko sapagkat aking sinusunod ang bagay na mabuti, v. 20b
3. pagtitiwala sa pag-ibig, kahabagan, at kapatawaran ni YHWH
   a. pag-asa (sa literal ay "paghihintay," BDB 403, KB 407, *Hiphil* GANAP) kay YHWH, v. 15a, cf. Job 13:15; Awit 31:24; 33:22; 39:7; 42:5,11; 43:5
   b. pagtitiwala kay YHWH na tutugunan ang kaniyang panalangin, v. 15b
   c. pagtitiwala na ang kaniyang mga kaaway ay hindi magtatagumpay at hindi malulugod sa kaniyang pagkahulog, v. 16
   d. siya ay nananalangin (dalawang MGA PANGKAUTUSAN, isang PAUTOS)
      (1) huwag mo akong pabayaan – BDB 736, KB 806, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 9:11; 71:9,18; 94:14; 119:8; Isaias 49:14
      (2) huwag kang lumawa sa akin – BDB 934, KB 1221, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 22:11,19; 35:22; 71:12
      (3) magmadali kang tulungan ako – BDB 301, KB 300, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 22:19b; 40:13; 70:1,5; 71:12; 141:1

**38:18** Ito ay ang teolohikong susi sa Awit na ito (cf. Awit 32:5). Ang pagpapahayag ng kasalanan ay nagdudulot ng
1. kapatawaran mula kay YHWH (cf. Awit 51; tala 1 Juan 1:9-2:1)
2. kapatawaran para sa sarili
3. isang kaunawaan ng agpapanumbalik ng pagsasama-sama

Ang pagpapahayag ng kasalanan ay kinikilala ang
1. pagkamakasalanan ng tao sa paglabag sa mga kautusan ni YHWH
2. katangian ng kapatawaran at kahabagan ni YHWH

**38:19**
**NASB, NKJV** **"buhay"**
**NRSV** **"walang sanhi"**
**TEV** **"malusog"**
**NJB, REB** **"walang sanhi"**
**NET Bibliya** **"sa walang kadahilanan"**

Ang MT ay may "pamumuhay" (חיים, BDB 313), ngunit ang maraming Ingles na salin iniwawasto ang salitang-ugat sa חנם, BDB 336, cf. Awit 35:19; 69:4. Ito ay umaakmay sa pagkakaagapay ng susunod na na linya, "silang nagtatanim ng kamalian" (BDB 1055).

**38:20 "mga kaaway"** Ito ay ang Hebreong ugat (BDB 966) kung saan ating makukuha ang terminong "satanas."

**NATATANGING PAKSA: SATANAS**

Ito ay napakahirap na paksa dahil sa ilang mga kadahilanan:

1. Ang OT ay nagpapahayag na hindi kaaway ng kabutihan, ngunit isang tagapaglingjod ni YHWH na nag-aalok sa sangkatauhan ng alternatibo at nag-aakusa rin sa sangkatauhan na kabuktutan. Mayroon lamang iisang Diyos (monoteismo), isang kapangyarihan, isang pinagmulan sa OT—YHWH.
2. Ang konsepto ng isang personal na kaaway ng Diyos ay nahubog sa interbiblikal (di-makanoniko) mga literatira sa ilalim ng impluwensya ng dalawahang relihiyon ng Persia (*Zoroastrianismo*). Ito, sa kalaunay, labis na nakaimpluwensya sa rabinikal na Judaismo at sa komunidad ng Essene (i.e., Dead Sea Scrolls).
3. Ang NT hinuhubog ang OT mga tema sa panay na nakabibigla, ngunit mga piling, mga kategorya. Kung ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa perspektibo ng biblikal na teolohiya (bawat aklat o may-akda o dyanra ay pinag-aralan at ibinalangkas ng magkakahiwalay),magkagayon ay labis na magkakaibang mga pananaw sa kasamaan ang maihahayag.

Kung, gayunpaman, ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa di-biblikal o dagdag na biblikal na paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silanganing mga relihiyon, samakatuwid higit sa mga pagbabago sa NT ay binabala sa dualismo ng Persia at Greko-Romanong Espiritismo.

Kung ang isa ay magpapalagay ng katapatan sa banal na awtoridad ng Kasulatan, samkatuwid ang pagbabago sa NT ay dapat tignan bilang isang progresibong kapahayagan. Ang mga Kristyano ay dapat na magbantay laban sa pagpapayag sa alamat ng mga Hudyo o kanluraning panitikan (Dante, Milton) na higit na makaimpluwensya sa konsepto. Mayroong tiyak na misteryo at kalabuan sa lugar na ito ng kapahayagan. Ang Diyos ay pinili na hindi ipahayag ang lahat ng aspeto ng kasamaan, ang pinagmulan nito, ang pagyabong nito, ang layunin nito, ngunit Siya ay nagpahayag sa pagkatalo nito!

Sa OT ang terminong "satanas" o "taga-usig" (BDB 966) ay maaring maiuugnay sa tatlong grupo

1. Taong taga-usig (cf. I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,20,29; Awit 109:6)
2. Mala-anghel na taga-usig (cf. Bilang 22:22-23; Job 1-2; Zacarias 3:1)
3. Mala-demonyong taga-usig (cf. I Cronica 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Tanging sa kalaunan, sa panahon ng intertestamental ang serpyente ng Genesis 3 kinilala bilang si Satanas (cf. *Book of Wisdom* 2:23-24; *II Enoch* 31:3), at maging sa kalaunay ito ay naging isang rabinikal na opsyon (cf. *Sot* 9b at *Sanh.* 29a). Ang "anak na lalake ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging mga anghel sa *I Enoch* 54:6. Binanggit ko ito, hindi upang pagdiinan at teolohikal na katumpakan nito, ngunit upang ipakita ang pagyabong nito. Sa NT ang mga OT aktibidad na ito ay ipinaparatang sa mala-anghel, binigyan katauhang kasamaan (cf. I taga-Corinto 11:3; Pahayag 12:9).

Ang pinagmulan ng binigyan katauhang kasamaan ay napakahirap o imposibleng (depende sa iyong puntong pananaw) na malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay malakas na monoteismo ng Israel (cf. I Hari 22:20-22; Ecclessiastes 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Lahat ng pinagmulan ay galing kay YHWH upang itanghal ang Kanyang natatangi at pangunguna (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Mga posibleng pinagkuhaan ng mga impormasyon ay mga (1) Job 1-2, kung saan si Satanas isa sa mga "anak na lalake ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14 at Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na silanganing mga hari (Babylonia at Tyre) ay posibleng ginamit upang ipakita ang yabang ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Naghahalo ang aking damdamin patungkol sa paglapit na ito. Ang Ezekiel ay ginagamit ang mga metapora sa Harden ng Eden, hindi lamang para sa hari ng Tyre bilang Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit para rin sa hari ng Ehipto bilang ang Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Gayunpaman, ang Isaias 14, paritkular ang mga vv.

12-14, ay waring naglalarawan sa isang malaanghel na pag-aaklas sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay ninais na ipahayag sa atin ang mga espisipikong kalikasan at pinagmulan ni Satanas, ito ay isang napakatagilid na paraan at lugar upang gawin ito. Dapat tayong magbantay laban sa kalakaran ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliit, may kalabuang mga parte ng magkakaibang testamento, mga may-akda, mga aklat, at mga dyanra at pagsama-samahin ang mga ito bilang mga bahagi ng isang banal na palaisipan.

Ako ay sumasang-ayon kay Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, tomo 2, apendise XIII [pp. 748-763] at XVI [pp.770-776]) na ang rabinikal na Judaismo ay labis na naimpluwensyahan ng dualismo ng Persia at malademonyong espekulasyon. Ang mga rabi ay hindi mabuting pinagmulan ng katotohan sa lugar na ito. Si Hesus ay radikal na humihiwalay mula sa katuruan ng Sinagoga sa lugar na ito. Naisip ko na ang konsepto ng malaarkanghel na kaaway ni YHWH ay nahubog mula sa dalawang mataas na mga Diyos ng Iraniang dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, at na kung saan ay hinubog ng mga rabi patungo sa biblikal na dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na progresibong kapahayagan sa NT bilang pagbibigay katauhan sa kasamaan, ngunit hindi bilang isang pagpapalawak na gaya ng sa mga rabi. Isang mabuting halimbawa ng pagkakaibang ito ay ang "digmaan sa langit." Ang pagbagsak ng Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga partikular ay hindi ibinigay. Maging anumang ibinigay ay tinaklubungan sa apokaliptikong dyanra (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagamat si Satanas tinalo ni Hesus at ipinatapon sa daigdig, siya ay gumagawa parin bilang tagapaglingkod ng YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I taga-Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Dapat nating pigilan ang ating pagkamausisa sa lugar na ito. Mayroong isang pansariling pwersa ng pagtukso at kasamaan, ngunit mayroon paring tanging nag-iisang Diyos at tayo ay responsible parin sa ating mga desisyon. Mayroong espiritwal na labanan, parehong bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maari lamang na dumating at manatili sa loob at sa pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at mawawala na sa hinaharap!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Pinaparusahan ba ni YHWH ang Kaniyang makasalanang mga tagasunod sa buhay na ito (vv. 2-3)?
2. Ang talata 4 ba ay isang pagpapahayag ng maraming kasalanan o isang pampanitikan paraan ng pagpapahayag ng pagkamakasalanan ng lahat ng mga tao?
3. Itala ang pisikal na mga suliranin na kaugnay sa di-naipahayag na kasalanan.
4. Ipaliwanag ang salitang "salot" sa talata 11. Ang iyo bang kahulugan ay nagpapaliwanag ng reaksyon ng iba sa kaniya?
5. Paanong ang paglalarawan ng "pagkadulas ng paa" ay kaugnay sa isang buhay kasalanan?
6. Bakit lubhang napakahalaga ng talata 18?

# AWIT 39

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kawalang Kabuluhan ng Buhay | Panalangin para sa Karunungan at Pagpapatawad | Panalangin para sa Pagpapagaling ng Karamdaman (Isang Panaghoy) | Ang Pagpapahayag ng isang Nagdurusa | Kawalang-halaga ng Tao sa Harapan ng Diyos |
| Panimula sa MT<br>"Para sa punong Mang-aawi, para kay Jeduthun."<br>Isang Awit ni David | | | | |
| 39:1-6 | 39:1-3 | 39:1-6 | 39:1-4 | 39:1-2 |
| | | | | 39:3-4 |
| | 39:4-6 | | | |
| | | | 39:5-6 | 39:5-6 |
| 39:7-11 | 39:7-11 | 39:7-10 | 39:7-11 | 39:7-9 |
| | | | | 39:10-11 |
| | | 39:11 | | |
| 39:12-13 | 39:12-13 | 39:12-13 | 39:12-13 | 39:12-13 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Sa una, ang Awit na ito ay nakakalito. Ito ay nagsimula sa isang nakakubling pampanitikang pamamaraan, halos tulad ng isang maka-Diyos na lihim na hindi maibabahagi/mauunawaan

ng mga nasa labas ng isang matapat na (ngunit nananatiling makasalanan) lumalakad kasama ni YHWH, v. 8.

B. Ang maka-Diyos na lihim at pantaong katanungan ay pagkapanandalian ng buhay ng tao. Ang sangkatauahn ay lubhang marupok, mahina, pansamantala, mangmang, at kadalasang tumutuon ang kaniyang pansin sa maling mga bagay (cf. vv. 6, 11).

C. Ang Awit na ito sa maraming paraan ay nagpapaalala sa akin Ecclesiastes (ang kawalang-kabuluhan ng buhay kung walang Diyos). Ang salmista ay inilalarawan ang kaniyang sarili sa nakakagulat na mga pamamaraan.
   1. tulad ng isang dayuhan, v. 12
   2. tulad ng isang manlalakbay, v. 12

D. Ang talata 13 ay patuloy na isang hiwaga sa akin. Ang nakakagulat na katotohanan ng ating nalugmok na kalagayan ay
   1. tayo ay napapalapit sa Diyos
   2. ang Kaniyang kabanalan ay nagpapatakot sa atin at nagtataboy sa atin, lahat sa isang pagkakataon!

   Mayroong isang tunay na pangkaisipang pagtatalo sa pagitan ng pagiging panandalian ng pantaong kalagayan at pagkawalang-hanggan ng ating Diyos na naglalang sa atin para sa pagsasama-sama. Hindi tayo magiging masaya maliban na makilala at mahalin Siya. Ngunit tayo ay nasira at pansamantala. Siya ay sakdal at walang-hanggan.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 39:1-6**

**1 Aking sinabi, "ako'y mag-iingat sa aking mga lakad**
**upang huwag akong magkasala ng aking dila;**
**aking iingatan ang aking dila ng paningkaw**
**samantalang ang masama ay nasa harap ko."**
**2 Ako'y napipi ng pagtahimik,**
**ako'y tumahimik pati sa mabuti,**
**at ang aking kalungkutan ay lumubha.**
**3 Ang aking puso ay mainit sa loob ko,**
**habang ako'y nagbubulaybulay ay nagalab ang apoy;**
*nang* **magkagayo'y nagsalita ako ng aking dila:**
**4 "PANGINOON, ipakilala mo sa akin ang aking wakas**
**at ang sukat ng aking mga kaarawan, kung ano;**
**ipakilala mo sa akin kung gaano kahina ako.**
**5 Narito, gaya ng mga dangkal ginawa mo ang aking mga kaarawan,**
**at ang aking gulang ay tila wala sa harap mo;**
**tunay na bawa't tao sa kaniyang mainam na kalagayan**
**ay pawang walang kabuluhan. Selah.**
**6 Tunay na bawa't tao ay lumalakad sa walang kabuluhang lilim;**
**tunay na sila'y nagugulo ng walang kabuluhan;**
**kaniyang ibinubunton ang mga kayamanan, at hindi nalalaman kung sinong nagsisipulot."**

**39:1-6** Ang masama mabubuhay lamang saa ngayon, para sa kanilang mga sarili, ngunit ang matapat na tagasunod ay nalalaman na siya ay mabubuhay at magwiwika para kay YHWH. Gayunman, kung

walang tulong ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65) ang masama ay hindi makakaunawa

1. kanilang sariling espirituwal at pisikal na kalagayan
2. ang katotohanan ng Diyos

Sila ay nagtatanong ng maling katanungan at tumutuon sa maling mga bagay.

**39:1 "ako'y magiingat"** Pansinin na ang PANDIWA (BDB 1036, KB 1581, *Qal* PANGPANGKAT) ay inulit. Ang salmista ay hindi dapat magwika sa kaniyang kaisipan tungkol sa buhay at Diyos sa presensiya ng nakapaligid na kawalang pananampalataya (i.e., Mateo 7:6). Ang istropang ito ay dapat maging patunay-na-teksto bilang isang Kasulatan laban sa pagpapatotoo sa iba. Ngunit ito ay totoo sa ilang mga isyu, lang mga doktrina ay kailangang iwasan sa ating mga pakikipag-usap sa mga di-mananampalataya sa una dahil sa posibleng di-pakakaunawaan o kalituhan. Ang isang biblikal na pananaw sa mundo ay kinakailangan

1. ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65)
2. isang tatanggap na puso (Mateo 13)
3. kapahayagan sa isang nauunawaang anyo
4. panahon/pagpupunyagi

Ang UBS *Handbook* (p. 374) ay binibigyang-kahulugan ang katahimikan gaya ng salmista na hindi nagnanais na dumaing tungkol sa kaniyang buhay sa presensiya ng masama.

▣ **"upang huwag akong magkasala ng aking dila"** Ang kasalanan dito ay kailangang maunawaan sa konteksto bilang nagsasabi ng katotohanan na hindi kayang tanggapin ng masama (cf. Mateo 7:6).

**39:2-3** Tila sinusubukan ng salmista na hindi isipin ang mga isyung ito sa kanyang sarili. Ngunit ang kapahayagan ay nagdulot sa kanya na ihayag ito sa Diyos kasama ang kaniyang katanungan at pag-alaala tungkol sa pagkapanandalian at pagkasamantala ng buhay ng tao.

**39:2 "ako'y tumahimik pati sa mabuti"** Ang MT ng linyang ito ay "Aking tinanganan ang aking kapayapaan na walang pakinabang" (i.e., walang tagumpay; sa literal ay "walang mabuti," BDB 373). Ito ay may kalabuan at ang iba't-ibang mga salin ay ipinapaliwanag ito ng magkakaiba. Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa pagnanais ng salmista na magsalita ngunit kanyang naramdaman na hindi dapat. Ang kaniyang pag-aatubili na magsalita ay hindi nakatulong sa kalagayan.

Kung buhay ay lubhang maikli, ano dapat ang pagtuunan ng nalugmok na tao? Ang kahihinatnan ng matuwid at ng di-matuwid ay tila magkatulad (cf. Ecclesiastes 2:14-16,19,26; 9:2-3).

**39:3 "nagalab ang apoy"** Ang PANDIWA na ito (BDB 128, KB 145, *Qal* DI-GANAP) ay katulad ng paglalarawan sa pagpupumilit ni Jeremias na magsalaysay ng salita ni YHWH (cf. Jeremias 20:9).

**39:4-6** Ang mga ito ay mga isyu na "pinagnilay-nilayan" (BDB 211, cf. Awit 5:1) ng salmista.

1. ang kawalang-katiyakan ng buhay
2. ang pagkapanandalian ng buhay
3. ang maling pagtuon (i.e., katanyagan, mga kayamanan) sa buhay
4. ang kawalang-katarungan ng buhay

**39:5 "mga dangkal"** Ang terminong ito (BDB 381) ay isa sa maraming Hebreong mga panukat mula sa ang katawan ng tao.

1. mga bisig na nakadipa
2. dulo ng daliri hanggang siko
3. nakabukang mga daliri
4. apat na mga daliring magkakasama

5. isang bahagi ng daliri

**NATATANGING PAKSA: ANG KUBIT**

Mayroong dalawang kubit (BDB 52, KB 61) sa Bibliya. Ang karaniwang kubit ay ang haba sa pagitan ng daliri at siko ng isang katamtamang tao, na kadalasang nasa 18 pulgada (e.g., Genesis 6:15; Exodo 25:10,17,23; 26:2,8,13,16; 27:1,9,12,13,14,16,18; Mga Bilang 35:4,5; Deuteronomio 3:11). Mayroon ding isang mas mahabang kubit (maharlikang kubit) na ginagamit sa konstruksyon (i.e., templo ni Solomon), na pangkaraniwang sa Ehipto (i.e., 21 daliri), sa Palestino (i.e., 24 daliri), at minsan sa Babilonya (i.e., 30 daliri). Ito ay halos 21 pulgada ang haba (cf. Ezekiel 40:5; 43:13).

Ang mga sinauna ay gumagamit ng mga bahagi ng katawan ng tao para sa pagsukat. Ang mga tao sa sinaunang Near East ay gumagamit ng:

1. haba mula sa siko hangang sa panggitnang daliri (kubit)
2. lapad mula sa inunat ng hinlalaki hanggang sa maliit na daliri (dangkal, cf. Exodo 28:16; 39:9; I Samuel 17:4)
3. haba sa pagitan ng apat na daliri ng isang nakasarang kamay (damak, cf. Exodo 25:25; 37:12; I Mga Hari 7:26; II Cronica 4:5)
4. haba ng panggitnang pinagdudugtungan ng daliri (lapad ng daliri, Jeremias 52:21)

Ang kubit (BDB 52, KB 61) ay hindi lubusang naisunod sa pamantayan, ngunit mayroong dalawang pangunahing haba.

a. Karaniwang haba ng siko sa panggitnang daliri ng isang lalaki (halos 18 pulgada, cf. Deuteronomio 3:11)
b. Ang maharlikang kubit ay mas mahaba ng kaunti (halos 20 pulgada, cf. II Cronica 3:3; Ezekiel 40:5; 43:13)

▣ **"ang aking gulang ay tila wala sa harap mo"** Ito ay hindi pagpapahayag na si YHWH ay walang malasakit ngunit ang buhayg ng tao panandalian at walang kabuluhan kapag inihambing kay YHWH (cf. Isaias 40:15).

▣ **"pawang walang kabuluhan"** Ang pariralang ito (BDB 481 BALANGKAS BDB 210 I) ay isa pang kaugnayan sa Ecclesiastes (cf. Ecclesiastes 1:2; 12:8; sa literal "hamog," "hininga," "kawalang kabuluhan"). Ang terminong ito ay ginamit nang tatlumpung beses sa Ecclesiastes at siyam lamang sa Awit (cf. Awit 39:5,6,11; 144:4) at tatlo sa Kawikaan.

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**39:6 "sa walang kabuluhang lilim"** Ito ay sa literal ay "anino" (BDB 853). Ito ay maaaring tumukoy sa mga ulap ngunit palaging ginagamit sa isang matalinghagang kaunawaan ng pagkasamantala ng buhay (cf. Job 8:9; 14:2; Awit 102:11; 109:23; 144:4). Ito ang isyu ng Awit na ito! Ang Awit 8 ay maaaring isang mabuting teolohikong kaagapay.

▣ **"kaniyang ibinubunton ang mga kayamanan, at hindi nalalaman kung sinong nagsisipulot"** Ito ay lubhang katulad sa kaisipan ng *Qohelech* sa Ecclesiastes 2:18-23.

Ang NASB Study Bible (p. 778) ay may isang mabuting puna sa talatang ito.
"Halos maaaring masilbi bilang isang buod ng Ecclesiastes."

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 39:7-11**

**7"At ngayon, PANGINOON, ano pa ang aking hinihintay??**
**Ang aking pagasa ay nasa iyo.**

> [8]**Iligtas mo ako sa lahat ng aking mga pagsalangsang;**
> **huwag mo akong gawing katuyaan ng hangal.**
> [9]**Ako'y pipi, hindi ko ibinuka ang aking bibig,**
> **sapagka't ikaw ang gumawa.**
> [10]**Iurong mo sa akin ang iyong salot;**
> **ako'y bugbog na sa suntok ng iyong kamay.**
> [11]**Pagka sa pamamagitan ng mga parusa dahil sa kasamaan ay iyong sinasaway ang tao;**
> **iyong sinisira ang kaniyang kagandahan na parang pagsira ng tanga;**
> **tunay na bawa't tao ay walang kabuluhan." Selah.**

**39:7-11** Ang istropang ito ay isang pangkalahatang buod sa kung papaano makikitungo si YHWH sa Kaniyang matapat na mga tagasunod sa gitna ng lahat ng mga katanungan at kalituhan ng buhay sa isang nalugmok na mundo.

1. sila ay naghihintay para kay YHWH
2. sila ay umaasa kay YHWH (#1,2 ay ang teolohikong susi sa ating mahiwaga at panandaliang mga buhay)
3. sila ay nananalangin para sa pagliligtas ni YHWH – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS (cf. Awit 38:10)
4. sila ay nananalangin na hindi mga hangal – BDB 962, KB 1321, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
5. si YHWH ang naggagabay sa ating mga salita at buhay (cf. Awit 139)
6. sila ay naghahanap ng pagtatanggal sa kahatulan ni YHWH – BDB 693, KB 747, *Hiphil* PAUTOS

Sa mga talata 10-11 ang mga kadahilanan para sa mga pagkilos ni YHWH's mga pagkilos ay naihayag

1. si YHWH ay aktibo sa kanilang mga buhay
2. ang mga kahatulan ni YHWH ay pang-disiplina hindi lamang pagpaparusa
3. tinatanggay ni YHWH ang mga bagay na ating pinagtitiwalaan at tinatangkilik na higit sa Kaniya! Ang lahat ng bagay maliban kay YHWH ay panandalian! Nakuha mo ba ito?!

**39:10**
**NASB,**
**NKJV,**
**JPSOA "salot"**
**NRSV "palo"**
**TEV, REB "suntok"**
**NJB, LXX "parusa"**

Ang Hebreong PANGNGALAN (BDB 619, tingnan ang tala sa Awit 38:11) ay kadalasang ginagamit sa isang karamdaman na ipinadala ni YHWH.

1. salot – Genesis 12:17; Exodo 11:1; 1 Mga Hari 8:37; Awit 38:11; 39:10
2. hampas/palo – Awit 89:23; Isaias 53:8
3. parusa – Awit 89:23

Maaaring tanggalin ni YHWH ang ito sapagkat Siya ang nagpala nito! Ito ay napakahirap, kung hindi imposible, na malaman ang pinagmula ng isang karamdaman, pangyayari, krisis, atbp. sa buhay na ito. Ang teolohiya ng OT ay ipinagpapalagay ang lahat ng pananahilan kay YHWH bilang isang teolohikong paraan ng pagpapahayag ng monoteismo. Ngunit mula sa progresibong kapahayagan ng NT, maraming mga pamimilian ang makikita.

1. nagpapadala ang Diyos ng mga bagay
   a. para sa kaparusahan
   b. para sa espiritwal na paglago (cf. Hebreo 5:8)

2. pinapahintulot ng Diyos (hindi ipinapadala) mga bagay na mangyari
3. tayo ay nabubuhay sa isang nalugmok na mundo kung saan ang mga masasamang bagay ay nagaganap (estatistikong kasamaan)

Aking pinili, sa pamamagitan ng pananampalataya (na gaya ng ginawa ng salmista), na magtiwala, umasa, at maghintay (cf. Awit 38:15; 39:7) sa Diyos sa ginta ng mahiwa, di-makatarungan, kadalasang mga masamang pangyayari sa buhay. Hindi ko nauunawaan kung “bakit” o “bakit ngayon” o “bakit ito” o “gaano katagal,” ngunit ako, sa pamamagitan ng pananampalataya ay nananalig na ang Diyos ay kasama ko, para sa akin, at mayroong maaaring isang layunin at mabisang kahihinatnan para sa lahat ng mga bagay (cf. taga-Roma 8:28-30,31-39)! Ito ay isang pananaw sa mundo, isang pananampalatayang panindigan, isang teolohikong pag-aangkop!

▣ **“sa suntok ng iyong kamay”** Ang kamay ay isang wikain para sa kapangyarihan na kumilos (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 7:3-4). Gaya ng teolohikong isyu, tingnan ang Awit 32:4 at 38:2. Ang Diyos bilang isang nagdidisiplina, mapagmahal na magulang ay isang kahanga-hanga talinghaga (cf. Kawikaan 3:11-12). Siya ay aktibo sa ating mga buhay sapagkat hindi Niya ninanais na ating sirain ang ating mga sarili at kapwa. Ang “kamay” ng pagdidisiplina ay may isang positibong layunin (cf. Hebreo 12:5-13).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 39:12-13**
**12“Iyong dinggin ang aking dalangin, Oh PANGINOON, at pakinggan mo ang aking daing;**
**huwag kang tumahimik sa aking mga luha;**
**sapagka't ako'y taga ibang lupa na kasama mo,**
**nakikipamayan na gaya ng lahat na aking mga magulang.**
**13Oh tulungan mo ako, upang ako'y magbawing lakas**
**Bago ako manaw, at mawala.”**

**39:12-13** Yamang karamihan sa Awit, ito ay nagwawakas sa mga kahilingan sa panalangin.
1. dinggin – BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS
2. pakinggan – BDB 24, KB 27, *Hiphil* PAUTOS
3. huwag tumahimik – BDB 361, KB 357, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 28:1; 35:22; 83:1; 109:1
4. tulungan mo ako – BDB 1043, KB 1609, *Hiphil* PAUTOS, tingnan ang Job 7:17-19; 10:20-21; 14:6
5. upang ako ay magbawing lakas – BDB 114, KB 132, *Hiphil* PANGPANGKAT, tingnan ang Job 9:27; 10:20

**39:12** Ang huling dalawang mga linya ng talatang ito ay tinatalakay ang pag-iigting sa pagitan ng
1. natatanging pangkasunduang bayan
2. nagpapatuloy ng mga makasalanan na may panandaliang mga buhay (cf. 1 Cronica 29:15; Awit 119:19,54; Hebreo 11:13; 1 Pedro 2:11).

Tandaang ito ay ang kalabuan ng OT. Ang ebanghelyo ni Hesukristo ay sasagutin ang marami sa mga isyung ito at mga katanungan tungkol sa buhay, layunin, at kawalang-hanggan!

▣ **“ako'y taga ibang lupa”** Nababahala ako sa salita/konseptong ito. Ito ay tila tumutukoy sa isang na hindi nakikilala ang Diyos o hindi kilala ng Diyos. Ngunit sa konteksto, ito ay tumutukoy sa isang panauhin sa isang tolda na mananatili ng isa o dalawang gabi at lilisan. Ito ay isa pang halimbawa ng wika ng paglalarawan na ginamit upang ilarawan at itangis ang kasandalian ng buhay ng tao.

**39:13** Sa liwanag ng kabanalan ni YHWH, ang buhay na ito ay naging pagkabalisa (cf. Job 14:6).

Ang ang paghatak na maging katulad ni YHWH (cf. Mateo 5:48; Levitico 19:2) ay puspos. Tanging kay Hesus lamang darating ang kapayapaan para sa atin sa presensiya (i.e., titigan, i.e., may kaugnayan sa kahatulan ni YHWH, cf. Job 7:19; 14:6; Isaias 22:4) ng isang banal Diyos!

Sa liwanag ng talatang ito, ang kahilingan ni Pedro sa Lucas 5:8 nagkaroon ng kahulugan!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit nais ng salmista na tumahimik sa presensiya ng masama (v. 1)?
2. Ipaliwanag sa iyong saraling mga salita ang kahihinatnan ng talata 4.
3. Ano ay isang "dangkal"?
4. Ipaliwanag ang talata 11b. Bakit kailangang kunin ni YHWH ang lahat ng bagay na mahahalaga mula Kaniyang mga tagasunod?
5. Ang talata 11c ba ay nagpapahiwatig na si YHWH pakialam sa mga indibidwal na tao?
6. Ano ang ibig-sabihin ng talata 12, c at d? Tayo ba ay mga estranghero kay YHWH?
7. Ipaliwanag ang sa iyong sariling mga salita ang kahulugan o implikasyon ng talata 13.

# AWIT 40

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pinanatili ng Diyos ang Kanyang mga Lingkod | Pananampalatayang Nagpapatuloy sa Pag-uusig | Pasasalamat para sa Pagpapalaya mula sa Kaguluhan, Kasama ng Panalangin sa Paghingi ng Tulong | Isang Awit ng Papuri | Awit ng Papuri at Panalangin para sa Paghingi ng Tulong |
| Panimula sa MT<br>"Para sa Punong mang-aawit. Isang Awit ni David" | | | | |
| 40:1-3 | 40:1-3 | 40:1-3 | 40:1-3 | 40:1 |
| | | | | 40:2 |
| | | | | 40:3 |
| 40:4-5 | 40:4-5 | 40:4-5 | 40:4-5 | 40:4 |
| | | | | 40:5 |
| 40:6-8 | 40:6-8 | 40:6-8 | 40:6-8 | 40:6-7a |
| | | | | 40:7b-8 |
| 40:9-10 | 40:9-10 | 40:9-10 | 40:9-10 | 40:9-10 |
| 40:11-12 | 40:11-12 | 40:11-12 | 40:11 | 40:11 |
| | | | Isang Panalangin para sa Paghingi ng Tulong<br>40:12-15 | 40:12 |
| 40:13-17 | 40:13-15 | 40:13-15 | | 40:13-14a |
| | | | | 40:14b-15 |
| | 40:16-17 | 40:16-17 | 40:16-17 | 40:16 |
| | | | | 40:17 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

| |
|---|
| **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 40:1-3** |
| [1]**Aking hinintay na may pagtitiis ang PANGINOON;**<br>**at siya'y kumiling sa akin, at dininig ang aking daing.**<br>[2]**Isinampa naman niya ako mula sa isang kakilakilabot na balon,**<br>**mula sa balahong malagkit,**<br>**at itinuntong niya ang aking mga paa sa isang malaking bato,**<br>**at itinatag ang aking mga paglakad.**<br>[3]**At siya'y naglagay ng bagong awit sa aking bibig,**<br>**sa makatuwid baga'y pagpuri sa aming Diyos;**<br>**marami ang mangakakakita at mangatatakot**<br>**at magsisitiwala sa PANGINOON.** |

**40:1-3** Ang salmista ay pinupuri si YHWH para sa Kaniyang mga nakalipas na gawa ng pagpapalaya. Si YHWH ay tumugon sa kaniyang mga panalangin (i.e., "kumiling," BDB 639, KB 692, *Qal* DI-GANAP at "duminig," BDB 1033, KB 1570, *Qal* DI-GANAP).

YHWH ay
1. hinango siya mula sa kakilakilabot na balon (sa literal ay "balong ng kaguluhan/ingay," BDB 92 BALANGKAS BDB 981, cf. Awit 69:2; ito ay maaaring paglalarawang tubig ng kamatayan (cf. Awit 18:4) o isang baha (cf. Awit 18:16)
2. hinango mula sa balahong malagkit
   a. ginamit sa putik ng mga langsangan – 2 Samuel 22:43; Mikas 7:10; Zacarias 9:3; 10:5
   b. ginamit sa putik ng balon – Jeremias 38:6
   c. ginamit na paglalarawan sa pagkabalisa – Awit 40:2; 69:14 ("balon" ay nabanggit din sa 69:15)
   d. maaaring tumutukoy sa *Sheol* (i.e., kamatayan, UBS *Handbook*, p. 381)
3. itinuntong ang aking paa sa isang malaking bato, itinatag ang aking mga paglakad – maka-Diyos, matapat na kasunduang mga tagasunod ay silang lumalakad sa matuwid, pantay, walang sagabal ng mga landas (cf. Awit 17:5; 18:36; 37:31; 44:18; 69:9; 73:2; 94:18; Job 23:11; 31:7)
4. naglagay ng isang bagong awit sa kaniyang bibig, isang awit ng pagpuri – bagong mga awit ay isang pangkulturang paraan ng pagkilala at pagluwalhati sa mga gawa ng pagpapalaya ni YHWH (cf. Exodo 15; Mga Hukom 5; Deuteronomio 32); tingnan ang tala sa Awit 33:5; gayundin ang tala sa Awit 96:1; 98:1; 144:9; 149:1; Isaias 42:10; Pahayag 5:9; 14:3

Ang layunin ng pagpapalaya ni YHWH sa salmista ay hindi lamang natatanging pakikitungo para sa isang tao ngunit upang pagpalain at kalingain ang Kaniyang kasunduan mga tagasunod upang ang iba (i.e., "marami," BDB 912 I) ay maging pangkasunduang mga tagasunod.
1. mangakakakita – BDB 906, KB 1157, *Qal* DI-GANAP
2. mangatatakot – BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP
3. magsisitiwala – BDB 105, KB 120, *Qal* DI-GANAP

**40:1 "hinintay na may pagtitiis"** Ito ay isang PAWATAS NA LUBUSAN at isang GANAP NA PANDIWA ng katulad na salitang-ugat (BDB 875, KB 1082) na ginamit upang ipakilala ang katindihan.

▣ **"kumiling"** Ang PANDIWA na ito (BDB 639, KB 692, cf. Awit 17:6; 88:2) ay nangangahulugang

"ikiling." Ang paglalarawan ay alinman sa pagkiling ng tainga ni YHWH upang marinig nang maliwanag o si YHWH ay kumiling upang duminig (cf. Job 15:29).

**40:2 "malaking bato"** Tingnan ang tala sa Awit 18:2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 40:4-5**

**4Mapalad ang tao na ginagawang kaniyang tiwala ang PANGINOON,**
**at hindi iginagalang ang palalo,**
**ni ang mga naliligaw man sa pagsunod sa mga kabulaanan.**
**5Marami, Oh PANGINOON kong Diyos,**
**ang mga kagilagilalas na mga gawa na iyong ginawa,**
**at ang iyong mga pagiisip sa amin;**
**hindi malalagay na maayos sa harap mo.**
**kung ako'y magpapahayag at sasalitain ko sila,**
**sila'y higit kay sa mabibilang.**

**40:4-5 "Mapalad ang tao"** Ito ay ang susing kaisipan ng ito istropa. Ang terminong ito (BDB 80) ay ginamit ng 26 na beses sa Awit. Tingnan ang buong tala sa Awit 1:1. Awit 41 ay nagsisimula sa pariralang ito. Ito ay karamihang ginagamit sa Awit at Kawikaan (i.e., Karunungang Panitikan), na tumutuon sa isang matagumpay at masaganang buhay.

Ang mga kadahilanang ibinigay para sa pinagpalang kalalagayan ay

1. na ginagawang kaniyang pagtitiwala si YHWH
2. hindi iginagalang (BDB 815, KB 937, *Qal* GANAP) ang palalo (LXX, NRSV, TEV tingnan ang #2,3 tumutukoy sa diyus-diyosan)
3. hindi naliligaw sa pagsunod sa mga kabulaanan (BDB 962, KB 1312, *Qal* PANDIWARI, ang salita ay tanging matatagpuan dito sa OT)

Sa talata 5 ang mga katangian ni YHWH ay naitala.

1. maraming ay ang mga kagilagilalas na mga gawa (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:1 at tala sa Awit 40:5)
2. marami ay Kaniyang mga kaisipan tungo sa pangkasuduang bayan
3. walang maihahambing sa Iyo (cf. Awit 16:2; Isaias 6:8-10; i.e., monoteismo, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:7)
4. ang Kaniyang mga kagila-gilalas ng gawa at mga kaisipan ay higit kay sa mabibilang
   a. magpapahayag – BDB 616, KB 665, *Hiphil* PANGPANGKAT
   b. magsasalita – BDB 180, KB 210, *Piel* PANGPANGKAT

**40:5** Ang talatang ito ay tila ay nagpapakilala sa dakilang mga gawa ni YHWH sa pagpapalaya para sa Israel, lalo na sa Exodo. Ang "tayo" ay kailangang tumukoy sa kumunidad ng pananampalataya mula sa mga inaanak ni Abraham (cf. Genesis 12:1-3). Sa loob ng pangkasunduan kumunidad ay ang matapat at ang di-matapat l (cf. 40:4), ngunit si YHWH ang nagpapanatili ng buong kumunidad. Siya ay may isang pangkalahatan, pangkatubusang layunin para sa Israel (cf. Awit 33:10-12).

Ang terminong "kagila-gilalas" (BDB 810, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:1) ay kadalasan na ginamit na may kaugnayan sa Exodo.

1. PANDIWA – Exodo 3:20; 34:10; Deuteronomio 28:59
2. PANGNGALAN – Exodo 15:11

Ang Exodo ay ang pangunahing katibahayan ng katapatan ni YHWH sa Kaniyang mga pangako (cf. Genesis 15:12-21) at ang pagsasakatuparan ng Kaniyang kapangyarihan at layunin para sa Israel (cf. Genesis 12:3).

▣ **"higit kay sa mabibilang"** Ito ay maaaring isang salitang nauugnay sa mga pangako ni Abraham

sa kaniyang mga inaanak na napakarami upang bilangin (i.e., bilang alabok, cf. Genesis 13:16; 28:14; Bilang 23:10; bilang buhangin, cf. Genesis 22:17; 32:12; bilang mga bituin, cf. Genesis 15:5; 22:17; 26:4). Isa pang kagila-gilalas ni YHWH sa baog, matanda nang mag-asawa

Isang mabuting magkakaagapay na teksto ay maaaring Awit 139:17-18, na tinatala din ang napakaaming mga gawa ng pagpapalaya ni YHWH. Pansinig ito ay binanggit na "hindi kaysa mabibilang na buhangin," na isa pang pagkabanggit sa pangako sa salinglahi ni Abraham.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 40:6-8**

**6 Hain at handog ay hindi mo kinaluluguran;**
**ang aking pakinig ay iyong binuksan;**
**handog na susunugin, at handog tungkol sa kasalanan ay hindi mo hiningi.**
**7 Nang magkagayo'y sinabi ko: Narito, dumating ako;**
**sa balumbon ng aklat ay nakasulat tungkol sa akin.**
**8 Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Diyos ko;**
**Oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso."**

**40:6-8** Ang istropang ito ay gumagamit ng Mosaikong Kautusan bilang isang pampanitikang pagpapatingkad sa bagong personal na kaugnayan ng salmista batay sa konsepto na katulad sa bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34 (i.e., ang Law ay within aking puso, cf. Isaias 51:7). Ang pag-uudyok para sa pagsamba, pagsunod, paglilingkod, at pagtitiyaga ay panloob (panloob na) (cf. Deuteronomio 6:6).

Ang sistema ng pag-aalay ay pamamaraan ni YHWH sa pakikitungo sa kasalanan ng tao sa gitna ng Kaniyang pangkasunduang kumunidad. Ang mga walang-salang hayop ay namatay sa lugar ng makasalanang mga tao (cf. Ezekiel 18:4,20; taga-Roma 6:23). Ito ay isang tipolohikong modelo ng darating na Kordero ng Diyos na mag-aalis ng mga kasalanan ng mundo (cf. Juan 1:29; Marcos 10:45; 2 taga-Corinto 5:21; Hebreo 10:1-18).

Ang suliranin sa Mosaikong kasunduan para sa maraming mg Hudyo, ito ay naging isang panlabas na kautusan sa pag-uugali sa halip na isang malapit na personal na pananampalataya (cf. Deuteronomio 10:16; 30:6; Jeremias 4:4; 9:25; taga-Roma 2:28-29).

Ang NT ay nakikita ang istropang ito (vv. 6-8) bilang lubusang natupad ng buhay at kamatayan ni Hesus (cf. Hebreo 10:5-7 mula sa ang LXX). Siya ay ang ganap na katuparan ng mga tekstong ito. Siya ay ang "ulirang Israelita," na namatay sa kapakanan natin (cf. Isaias 53).

**40:6** Mayroong apat na magkakaibang salita na ginamit upang ilarawan ang iba't-ibang pag-aalay ng Israel (cf. Levitico 1-7).

1. mga hain – BDB 257, pagkalahatang terminong para sa mga pag-aalay kung saan bahagi ng hayop ay kinakain sa isang pagsasama-sama kasama ang kanilang Diyos
2. mga handog – BDB 585, sa orihinal ay tumutukoy sa kapwa mga pag-aalay ng hayop at binhi ngunit nang lumaon ay ginamit lamang ang binhi of grain tanging
3. mga handog na susunugin – BDB 750 II, ay tumutukoy sa isang pag-aalay na lubusang sinusunog sa altar
4. mga handog tungkol sa kasalanan – BDB 308, isa sa dalawang PAMBABAENG MGA PANGNGALAN; ito ay ang mas di-karaniwan; ito ay isinaling "dakilang kasalanan" sa Genesis 20:9; Exodo 32:21,30,31; 2 Mga Hari 17:21; at "kasalanan" sa Awit 32:1; 109:7. Dito, ito ay tila tumukoy sa isang pag-aalay para sa kasalanan dahil sa pagkakaagapay ngunit ang pagkagamit ay natatangi.

Ang talatang ito ay hindi isang pagtanggi ng sistema ng pag-aalay ngunit sa kalabisan nito (cf. 1 Samuel15:22; Awit 50:8-14; 51:16- 17; 69:30-31; Isaias 1:11-15; Jeremias 7:22-23; Osea 6:6; Amos 5:21-22).

▣

**NASB, NKJV "binuksan"**
**NASB margin "tumagos"**
**NRSV margin "hinukay"**
**LXX "isang katawan na inihanda sa akin"**

Ang PANDIWA na ito (BDB 500, KB 496, *Qal* GANAP) ay may kahulugan na tanging dito. Ito ay ginamit sa paghuhukay ng

1. isang balon – Genesis 26:25; Bilang 21:18
2. isang libingan – Genesis 50:5
3. isang hukay – Exodo 21:23
4. paglalarawan sa isang kaganapan – Awit 7:16; 57:7; 119:85; Kawikaan 16:27; 26:27; Jeremias 18:20 (i.e., compare Jeremias 6:10)

Ang mungkahi sa gilid ng NASB na, "tumagos," ay maaaring galing sa Exodo 21:5-6 o Deuteronomio 15:12-18, kung saan ang isang alipin ay ginawang isang palagiang miyembro ng sambahayan (cf. 40:17, ibang PANDIWA at "tainga" ay PANG-ISAHAN).

Ang LXX na salin ay kailangang maging batay sa isang magkaibang Hebreong kasulatan o ito ay kaisipan ng pakahulugan sa ibang pangugusap na inuunawa na ang "mga tainga" ay kumakatawan sa buong katawan. Ang LXX ay ang ginamit nang sinaunang iglesiya at ito ay sinipi sa Hebreo 10:5 (cf. Hebreo 10:1-18).

Sa konteksto, ang PANDIWA ay tumutukoy sa bagong pakikipag-ugnaya ng pananampalataya at pagtitiwalang naitatalag sa pamamagitan ng bagong kasundun na huwaran (i.e., "Ang Iyong Kautusan ay nasa loob ng aking puso," cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:26-27), na nagpapahintulot sa makasalanang mga tao na maliwanag na malaman at gawin ang kalooban ni YHWH (i.e., 40:8).

**40:7**

**NASB, NKJV "Narito, dumating ako"**
**NRSV, TEV,**
**REB "Nandito ako"**
**NJB "Nandito ako, padating na ako"**
**LXX "Masdan, dumating na ako"**
**NET "Masdan, ako'y dumating"**

Ang saling, "Narito, dumating ako," ay galing sa pagkakagamit ng katulad na pandamdam (BDB 243) na ginamit ni Isaias sa Isaias 6:8, na kasama ng PANDIWA (BDB 97, KB 112, *Qal* GANAP), "dumating ako" (ibang PANDIWA mula sa Isaias 6:8).

Ito ay isang wikain ng pagpapagamit at pagsuko sa kalooban at plano ni YHWH para sa buhay ng isa (cf. 40:7b-8). Sa kontekstong ito(i.e., pag-aalay) ito ay maaaring tumukoy sa katotohanan na sa OT walang pag-aalay para sa kilala, sinasadyang kasalanan (cf. Levitico 4:2,22,27; 5:15-18; 22:14; Awit 51:16-17). Tanging ang mga kasalanan ng silakbo ng damdamin o kamangmangan ang saklaw (i.e., di-sinasadya). Ang salmista ay nakita na ang tanging nararapat na pag-aalay ay ang kanyang-sarili (cf. taga-Roma12:1). Ito ay tiyakang isang pagpapauna ng Kordero ng Diyos (cf. Juan 1:29) na dumating upang ialay ang Kaniyang sarili (cf. Marcos 10:45; Isaias 53).

▣ **"sa balumbon ng aklat"** Ang ilang mga iskolar ay tinitingnan ito na tumutukoy sa kapahayagan ni YHWH kay Moises. Ang hari ay pinagkalooban ng isang sipi (cf. Deuteronomio 17:18-20; 1 Mga Hari 2:3; 2 Mga Hari 11:12). Ang Bibliya ay gumagamit ng "aklat(mga)" upang tumutkoy sa mga plano ni YHWH para sa bawat tao (cf. Awit 139:1-6,16) o ala-ala ng mga buhay sa lahat ng mga tao na isang araw ay tatayo sa harapan Niya bilang hukom. Ang paglalarawan ay inihahayag sa dalawang mga aklat, ang aklat ngbuhay at ang aklat ng mga gawa. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Dalawang Aklat sa Awit 9:5.

**40:8 "Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban"** Anong isang radikal na pagbabago mula sa Genesis 3. Ang nasirang "larawan ng Diyos" ay maaaring maipanumbalik! Ang pagsasama-sama sa pinakamalalim na antas ay maaari muli. Ang nagsasariling espiritu ng Pagkapahamak ay pinalitan ng isang umaasang espiritu.

Hinuwaran ni Hesus ang ganitong pag-uugali ng isang lingkod para tularan natin (cf. Mateo 26:39; Juan 4:34; 5:30; 6:38).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 40:9-10**

**9 Ako'y nagpahayag ng mabuting balita ng katuwiran sa dakilang kapisanan**
**narito, hindi ko pipigilin ang aking mga labi,**
**Oh PANGINOON, iyong nalalaman.**
**10 Hindi ko ikinubli ang iyong katuwiran sa loob ng aking puso;**
**aking ibinalita ang iyong pagtatapat, at ang iyong pagliligtas;**
**I hindi ko inilihim ang iyong kagandahang-loob**
**at ang iyong katotohanan sa dakilang kapisanan.**

**40:9-10** Ang salmista ay nasaksihan ang mga katangian ni YHWH sa (cf. Awit 22:25) pangsambang kalalagayan sa templo/tabernakulo (i.e., ang dakilang kapisanan).

1. Iyong katuwiran – BDB 842, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5
2. Iyong katapatan – BDB 53, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1
3. Iyong kaligtasan – BDB 448, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 13:5-6
4. Iyong kagandahang-loob – BDB 338, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7
5. Iyong katotohanan – BDB 54, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1

Ang talata 11 ay nagdadagdag sa talatang ito (ang paghahati ng istropa ay walang katiyakan

6. Iyong kahabagan – BDB 933
7. Iyong kagandahang-loob – BDB 338
8. Iyong pagtitiwala – BDB 54

Ang mga dakilang teolohikong mga salita ng OT na naglalarawan kung paanong ang pangkasunduang Diyos ay nakikitungo sa mga anak na lalaki/mga anak ng babae ni Adan dahil ng Kaniyang natatanging panawagan kay Abraham (tingnan ang Natatanging Paksa sa Panimula ng Awit 2).

**40:9 "iyong nalalaman"** Nalalaman ni YHWH ang puso ng Kaniyang mga nilalang na tao (cf. Joshue 22:22; 1 Samuel 2:3; 16:7; 1 Mga Hari 8:39; 1 Cronica 28:9; Awit 139:2-4; Jeremias 17:10; 20:12; Lucas 16:15; Mga Gawa 1:24; 15:8; taga-Roma 8:27).

**40:10** Pansinin ang kalipunan ng MGA PANDIWA kung saan ang salmista ay ipinapahayag ang kaniyang buo at bukas na patotoo tungkol kay YHWH.

1. Ako ay nagpahayag – BDB 142, KB 163, *Piel* GANAP, v. 9
2. Hindi ko ikinubli – BDB 491, KB 487, *Qal* GANAP, v. 10
3. Aking ibinalita – BDB 55, KB 65, *Qal* GANAP, v. 10
4. Hindi ko inilihim – BDB 470, KB 469, *Piel* GANAP

Ninanais ni YHWH na ang Kaniyang mga tao ay maitaas ang Kaniyang katangian at mga pagkilos sa pagpuri at pagtotoo, upang ang lahat ng mga tao na kaniya nilalang sa Kaniyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) ay maaaring lumapit upang makilala at sambahin Siya!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 40:11-12**

**11 Huwag mong pigilin sa akin ang iyong mga malumanay na kaawaan, Oh PANGINOON;**
**panatilihin mong lagi sa akin ang iyong kagandahang-loob at ang iyong katotohanan.**
**12 Sapagka't kinulong ako ng walang bilang na kasamaan;**

**Ang mga kasamaan ko ay umabot sa akin, na anopa't hindi ako makatingin;**
**sila'y higit kay sa mga buhok ng aking ulo,**
**at ang aking puso ay nagpalata sa akin.**

**40:11-12** Ang istropang ito ay naglalarawan ng kasalukuyang kalagayan ng salmista. YHWH ay tiyak na kasama niya ngunit dito ay mga suliranin (isang kalipunan ng MGA GANAP).

1. kinulang ako ng walang bilang na kasamaan – BDB 67, KB 79, *Qal* GANAP; ang talaang ito (AB, p. 247) ay paglalarawan kinuha mula sa isang kawan ng mga mababangis na aso na lumulusob sa kanilang dinadagit; ang bilang na ito ng mga suliranin ay pinag-iba sa "kagila-gilalas" ni YHWH sa 40:5
2. ang mga kasamaan ko ay umabot sa akin – BDB 673, KB 727, *Hiphil* GANAP; sa maraming Awit sa Aklat Isa, ang salmista tinatanggap ang kaniyang kasalanan, cf. 25:11; 31:10; 32:5; 38:4,18; ito ay maaaring isang pampanitikan paraan ng pagpapatibay ng pagkamakasalanan ng lahat ng mga tao
3. hindi ako makatingin – BDB 407, KB 410, *Qal* GANAP; maaaring kaugnay sa palagiang pagtangis, cf. Awit 69:3; ang kasalanan ay palaging nagdudulot ng pagkaputol sa ating pakikipag-ugnayan sa Diyos at ating kakayahan na malaman ang Kaniyang kalooban
4. kaniyang kinikilala ang mga kalikuang napakarami – BDB 782, KB 868, *Qal* GANAP; ang paglalarawan ng "mga buhok sa ulo" ay inulit sa Awit 69:4 at ginamit kay Hesus sa kaalaman ni YHWH sa atin sa Mateo 10:30; ito ay isang OT wikain, cf. 1 Samuel14:45; 2 Samuel 14:11; 1 Mga Hari 1:52; Mga Gawa 27:34
5. kaniyang puso ay nagpalata (i.e., iniwan) sa akin – BDB 736, KB 806, *Qal* GANAP

Ang buhay ng matapat na tagasunod ay isang pakikibaka sa pagitan ng nanananahang kasalanan (cf. taga-Roma 7) at biyaya at kahabagan ng Diyos (cf. taga-Roma 8).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 40:13-17**
**13 Kalugdan mo nawa, Oh PANGINOON, na iligtas ako;**
**Ikaw ay magmadaling tulungan mo ako, Oh PANGINOON.**
**14 Sila'y mangapahiya nawa at mangatulig na magkakasama**
**na nagsisiusig ng aking kaluluwa upang ipahamak;**
**Sila nawa'y mangapaurong at mangadala sa kasiraang puri**
**na nangalulugod sa aking kapahamakan.**
**15 Mangapahamak nawa sila dahil sa kanilang kahihiyan**
**na nangagsasabi sa akin, Aha, aha!"**
**16 Mangagalak at mangatuwa nawa sa iyo ang lahat na nagsisihanap sa iyo;**
**yaong nangagiibig ng iyong kaligtasan ay mangagsabi nawang palagi,**
**"Ang Panginoon ay dakilain!"**
**17 Nguni't ako'y dukha at mapagkailangan,**
**Gayon ma'y inalaala ako ng Panginoon.**
**Ikaw ang aking saklolo at aking tagapagligtas;**
**huwag kang magluwat, Oh Diyos ko.**

**40:13-17** Gaya ng dati, ang pangwakas na istropa ay isang kalipunan ng mga kahilingan sa panalangin (MGA DI-GANAP at MGA PANGKAUTUSAN sa kasingkahulugan pagkakaagapay). Ito ay halos katulad ng Awit 70.

1. Kalugdan mo nawa (BDB 953, KB 1280, *Qal* PAUTOS) na iligtas ako (BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAWATAS NA BALANGKAS). AB, p. 247, ay nagmumungkahi isang pagpapalit ng patinig sa salitang-ugat para sa "pagtakbo," na mas umaagapay sa #2.
2. Magmadaling tulungan ako – BDB 301, KB 300, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 22:19; 38:22; 70:1,5; 71:12; 141:1

3. Sila ay mangapahiya na nagsisiusig ng aking kaluluwa – BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 35:4,26; 70:2; 63:17
4. Sila ay mangatulig na magkakasama na nagsisiusig ng akong kaluluwa – BDB 344, KB 346, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
5. Silang mangapapaurong sa kasiraang puri na nangalulugod sa aking kapamahakan – BDB 690, KB 744, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 35:4,26; 70:2 (ito ay panghukbong paglalarawan)
6. Sila ay mangadala sa kasiraang puri na nangalulugod sa aking kapamahakan – BDB 483, KB 480, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
7. Silang nangagsasabi sa aki na "Aha, aha" (cf. Awit 35:21; 70:3) ay mangapahamak – BDB 1030, KB 1563, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

Sa 40:16 ang mga panalangin ay nabago mula sa negatibo patungong positibo.

1. Mangagalak sa iyo ang lahat na nagsisihanap sa iyo – BDB 965, KB 1314, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (pansinin na ang masama "ay hinahanap" ang kaniyang buhay [BDB 134, KB 152] ngunit ang salmista ay naghahanap kay YHWH, cf. v. 16)
2. Mangatuwa nawa sa iyo ang lahat na nagsisihanap sa iyo – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
3. Yaong nangag-iibig ng iyong kaligtasan ay mangagsabing. . . – BDB 55, KB 65, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (matapat na mga tagasunod ay iniibig siYHWH sa pamamagitan ng pagiging masunurin sa Kaniyang inihayag sa kalooban at paraan, cf. Deuteronomio 6:5; 10:12; 11:1,13,22; 19:9; 30:15,16,19-20)
4. ". . .si YHWH ay dakilain" – BDB 152, KB 178, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (ito ay kasalungat ng sinasabi ng masama sa v. 15)
5. Gayon man ay inaalala ako ni YHWH – BDB 362, KB 359, *Qal* PANGKAUTUSAN
6. Huwag kang magluwat – BDB 29, KB 34, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. 70:5; ito ay bumubuo ng isang *inclusio* kasama ang "magmadali" ng v. 13

**40:17** Pansinin kung paaanong pinakilala ang kanyang-sarili at si YHWH.

1. kanyang-sarili
   a. nagdadalamhati (BDB 776)
   b. nagngangailangan (BDB 2)

   (ang mga ito ay kadalasang ginagamit samatapat na mga tagasunod, cf. Awit 70:5; 86:1; 109:22; sa kaunawaang ito, sila ay talinghaga ng isang na kaunawaan sa espirituwal na pangangailangan, cf. Mateo 5:3-6)
2. YHWH (MT ay may *Adon* ngunit ng ilang Hebreong MSS ay may YHWH)
   a. kaniyang tulong (BDB 740 I)
   b. kaniyang pagliligtas (BDB 812, KB 930, *Piel* PANDIWARI)

▣ **"Oh Diyos ko"** Sa Awit na ito, ang YHWH at *Elohim* ay ginamit kadalasan at pinagsasama sa 40:5.

1. YHWH, vv. 1,3,4,9,11,13 (dalawang beses),16
2. *Elohim*, vv. 3,5,8,17

Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1 para sa isang detalyadong pagtalakay kung paaanong ang mga manunulat ng OT ay ginamit ang mga paghirang/mga titulo/mga pangalang ito para sa pagka-Diyos upang ipahayag ang iba't-ibang mga aspeto ng Kaniyang katangian at mga pagkilos.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilarawan ang kalagayan ng mga talata 1-10; at pagkatapos, ang mga talata 11-17. Ano ang nabago?
2. Itala at ipaliwanag ang mga katangian ni YHWH sa mga talata 10-11.
3. Paano ang paglalarawan ng paglakad na ginamit upang ilarawan ang buhay pananampalataya?
4. Ang talata 5 ba ay may pagkabanggit sa Genesis o Exodo, o kapwa? Bakit?
5. Paanong ang saling LXX ng v. 6b (cf. Hebreo 10:5-7) ay lubhang naiiba sa MT?
6. Ito ba ay ang pang-Mesias na Awit?
7. Anong "aklat" o "balumbon" ay pinapatungkulang ng talata 7b?
8. Ipaliwanag ang bakit ang mga talata 13-17 ay muling makikita sa Awit 70.

# AWIT 41

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Salmista sa Pagkakasakit Dumadaing ng mga Kaaway at mga Bulaang Kaibigan | Ang Pagpapala at Paghihirap ng Maka-Diyos | Panalangin para sa Pagpapa-galing ng Karamdaman (Isang Panaghoy) | Isang Panalangin sa Karam-daman | Panalangin ng isang Napaba-yaang Naghihirap |
| <u>Panimula sa MT</u> | | | | |
| "Para sa Punon Mang-aawit Isang Awit ni David" | | | | |
| 41:1-3 | 41:1-3 | 41:1-3 | 41:1-3 | 41:1-3 |
| 41:4-9 | 41:4-6 | 41:4-10 | 41:4-9 | 41:4-9 |
| | 41:7-9 | | | |
| 41:10-12 | 41:10-12 | | 41:10-13 | 41:10-12 |
| | | 41:11-12 | | |
| 41:13 | 41:13 | 41:13 | | 41:13 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 41:1-3**
**1 Mapalad siya na nagpapakundangan sa dukha;**
**ililigtas siya ng PANGINOON sa panahon ng kaligaligan.**
**2 Pananatilihin siya, at iingatan siyang buhay ng PANGINOON,**
**at siya'y pagpapalain sa ibabaw ng lupa;**
**at huwag mong ibigay siya sa kalooban ng kaniyang mga kaaway.**

**[3]Aalalayan siya ng Panginoon sa hiligan ng panghihina;**
**iyong inaayos ang buo niyang higaan sa kaniyang pagkakasakit.**

**41:1-3** Ang unang istropa ay paglalarawan ng ang mga pagpapala (BDB 80, tingnan ang tala sa Awit 1:1) ng taong sumusunod sa Kautusan ni Moises, na humihingi na ang Israel ay maging mabait, mapagtaguyod, at maasikaso sa kanila na nangangailangan (BDB 195, cf. Exodo 23:5; Levitico 14:21; Awit 72:13; 82:3; 113:7; Kawikaan 19:17; 21:13; 28:3,8; 29:7,14). Silang tumutulong sa kanila ay, sa katotohanan, tumutulong sa kanilang Diyos (tingnan ang pagtalakay ni Hesus tungkol sa huling kahatulan sa Mateo 25:31-46).

Ang uri ng mga taong inilarawan ng terminong ito.

1. balo (cf. Exodo 22:22; Deuteronomio 10:18; 24:17-18; 27:19; Awit 68:5)
2. ulila
3. dayuhan (cf. Levitico 19:33-34; Exodo 22:21-22; Deuteronomio 24:17-18; 27:19)
4. bulag/pilay
5. walang kapangyarihan sa lipunan (walang lupa)
6. nawalan ng mga panustos ng mundo (walang mga kinakailangang mga bagay para sa buhay—pagkain, masisilungan, trabaho, atbp.)

Pansinin kung ano ang gagawin ni YHWH para sa isang masunuring tagasunod ng kasunduan (patulong sa kaawa-awa ay isa lamang sa tal ngunit ito ay nananatili dito para sa buong kautusan).

1. ililigtas siya ni YHWH sa panahon ng pagkabagabag
2. iingatan siya ni YHWH
3. pananatilihin siya ni YHWH
4. siya ay tatawaging "pinagpala" (MT ay may DI-GANAP ngunit ang Masoretikong mga iskolar ay iniisip itong GANAP may isang *waw* ay mas mainam; ang kahulugan ay hindi nagbabago)
5. hindi ibibigay ni YHWH sa kaniyang mga kaaway
6. aalalayan siya ni YHWH sa hiligan ng panghihina
7. ipapanumbalik ni YHWH ang kanyang kalusugan

Pansining ang lahat ng DI-GANAP MGA PANDIWA, nagpapakilala ng nagpapatuloy na mga pagkilos sa pamamagitan ng Diyos habang-buhay.

Isa lamang tala tungkol sa mga pangkalahatang mga pagpapahayag tulad nito sa Karunungang Panitikan. Hindi dapat ito maunawaan bilang isang pangako na nakakaapekto sa bawat tao, bawat panahon, na tumutulong sa kaawa-awa. Ito ay isang pangkalahatang panahayg. Ito ay totoo sa karamihan majority ng panahon ngunit hindi sa bawat at bawat panahon. Tayo ay nabubuhay sa isang nalugmok na mundo!

Ito ay isang mabuting paglalarawan ng Mateo 7. Paanong ang isa ay mabubuhay, paanong ang isa ay magsasalita, paaanong ang isa ay maglalaan ng kaniyang mga kayamaan at panahon ay naghahayag ng pagiging-una sa paglalagay ng puso!

**41:2 "sa ibabaw ng lupa"** Ang Hebreong salitang "lupain" (BDB 75) ay maaaring mangahulugang

1. parang
2. purok
3. bansa
4. lugar
5. mundo

Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2. Tanging ang konteksto ang makakapagsabi. Ako ay nakumbinsi ni Bernard Ramm, *Ang Christian View of Science at Scripture* na ang baha sa Genesis 6-9 ay lokal dahil sa paggamit ng salitang ito sa konteksto. Tingnan ang aking komentaryong sa Genesis 1-11 nang walang-baya sa internet, www.freebiblecommentary.org.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 41:4-9**

[4]**Aking sinabi, "Oh PANGINOON, maawa ka sa akin;**
**pagalingin mo ang aking kaluluwa; sapagka't ako'y nagkasala laban sa iyo."**
[5]**Ang aking mga kaaway ay nangagsasalita ng kasamaan laban sa akin,**
**"na nangagsasabi, kailan siya mamamatay, at mapapawi ang kaniyang pangalan?"**
[6]**At kung siya'y pumaritong tingnang ako siya'y nagsasalita ng walang kabuluhan;**
**ang kaniyang puso ay nagpipisan ng kasamaan sa kaniyang sarili;**
**pagka siya'y lumabas, isinasaysay niya.**
[7]**Yaong lahat na nangagtatanim sa akin ay nangagbubulong-bulungan laban sa akin;**
**laban sa akin ay nagsisikatha ng panghamak,**
[8]**"Isang masamang sakit ay kumapit na madali sa kaniya,**
**at ngayon siyang nahihiga ay hindi na babangon pa."**
[9]**Oo, ang aking kasamasamang kaibigan, na aking tiniwalaan,**
**na kumain ng aking tinapay,**
**nagtaas ng kaniyang sakong laban sa akin.**

**41:4-9** Ang lohikong kaugnayan sa pagitan ng ng istropang ito ay hindi naipahayaga Maaaring ang may-akda ay isang tao tulad ng isang inilalarawan sa mga talatang 1-3, ngunit ang kaniyang buhay ay nasa pagkabalisa at nasa ilalim ng pagsalakay ng iba. Tila kanyang kinikilala na siya ay nagkasala (v. 4). Marami sa mga huling awit ng Aklat I (Awit 1-41) ay binanggit na isang pagpapahayag o pagkilala ng kasalanan.

Mayroong maraming mga suliranin na nabanggit.

1. siya ay may karamdaman sa katawan at espiritu
2. siya ay may mga kaaway na naninirang-puri sa kaniya (vv. 5-7)
3. sila ay nagpapanukala ng kasamaan laban sa kaniya (vv. 7-8)
4. ang kaniyang mga kaaway sa isang panahon ay malalapit na kaibigan (v. 9; cf. Awit 35:11-16; 55:12-13,20). Ito ay sinipi sa Juan 13:18 tungkol sa pagtataksil ni Hudas kay Hesus.

**41:7 "lahat ay nangagbubulong-bulungan"** Ang PANDIWA na ito (BDB 538, KB 527, *Hithpael* DI-GANAP) ay maaaring gamiting sa mga sumpa/mga gayuma (cf. Awit 58:5; Ecclesiastes 10:11; Isaias 3:2-3) o ito ay maaari mga taong nagsasalita lamang sa isang mababang boses upang hindi marinig (cf. 2 Samuel 12:19) o isang mahinang boses sa panalangin (cf. Isaias 26:16).

Kung ito ay umukoy sa isang sumpa sa kontekstong ito, ang talata 8 ay bunga.

**41:8**

**NASB "Isang masamang sakit ay kumapit na madali sa kaniya"**
**NKJV "isang masamang karamdaman, *sinabi nila*, ay nakakapit sa kaniya"**
**NRSV "kanilang iniisip na isang nakamamatay na bagay ang nakakabit sa kaniya**
**TEV "Sinasabi nilang, 'Siya ay mamamatay sa karamdaman'"**
**NJB "isang nakakamatay na sakit ang mahigpit na humawak sa kaniya"**
**REB "isang masamang orasyon ang tumama sa kaniya, sinasabi nila"**

Ang terminong "masama" (BDB 116) sa kinalaunan ay naging titulong *Belial* (i.e., Deuteronomio 13:13; 2 taga-Corinto 6:15). Ito ay na ginamit sa maraming mga kaunawaan, isang mabuting halimbawa ay sa 1 Samuel 1:16; 2:12; 25:17.

Ang pagkagamit dito ay tila isang pagbibigay-katauhan ng isang karamdaman na kanilna nakita na ipinadala ni YHWH dahil sa kasalanan ng salmista (cf. Job's tatlong mga kaibigan). Ngunit ang mga pagkilos ni YHWH tungo sa kaniya sa 41:10-12 ay nagpapakita na ang kanilang mga pahayag ay kasinungalian/paninirang-puri.

**41:9 "nagtaas ng kaniyang sakong laban sa akin"** Ang ganitong pagkilos ng pangkulturang

pagtanggi (pansinin na walang magkakaagapay na talata) ay dumating pagkatapos ng isang pagsasama-sama/kasunduan piging (cf. Genesis 26:28-30; 31:51-54; Exodo 12:18; 24:5; Awit 69:23).

Ito ay maaaring tingnan bilang

1. isang pagkilos ng pagsalakay/karahasan laban sa salmista (i.e., padyak ng mga paa)
2. isang pagkilos ng pag-alipusta na inihahayag sa pamamagitan ng isang kumpas. Sa Gitnang Silangan ay nananatili itong matinding pag-alipusta na ipakita sa kaninuman ang ilalim ng sapatos.

Ang pagtanggi ay mas matindi dahil sa tila pagiging magkaibigan sa sa pagitan nilang dalawa.

▣ **"ang aking kasamasamang kaibigan"** Ito ay sa literal ay "tao ng kapayapaan na naging isang anak ng *Beliel*" (v. 8a).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 41:10-12**

**10 Nguni't ikaw, Oh Panginoon, maawa ka sa akin, at ibangon mo ako,**
**upang aking magantihan sila.**
**11 Sa pamamagitan nito ay natatalastas ko na nalulugod ka sa akin**
**sapagka't ang aking kaaway ay hindi nagtatagumpay sa akin.**
**12 At tungkol sa akin, iyong inaalalayan ako sa aking pagtatapat,**
**at inilalagay mo ako sa harap ng iyong mukha magpakailan man.**

**41:10-12** Sa talata 4, mayroong dalawang pakiusap (MGA PAUTOS).

1. maawa ka sa akin – BDB 335, KB 334, *Qal* PAUTOS
2. paglingin mo ang aking kaluluwa (*nephesh*, tingnan ang tala sa Awit 3:2) – BDB 950, KB 1272, *Qal* PAUTOS

Ngayon sa susunod na istropa, dito ay dalawang MGA PAUTOS at isang PANGPANGKAT.

1. tulad ng #1 sa itaas, 41:4
2. ibangon mo ako – BDB 877, KB 1086, *Hiphil* PAUTOS (katulad na kahilingan, naiiba ngunit magkakaagapay na PANDIWA mula sa #2 sa itaas), 41:4
3. upang gantihan ko sila – BDB 1022, KB 1532 *Piel* PANGPANGKAT; ang salmista ay nagnanais ng instrumento ng katuwiran ni YHWH

Ang pagpapagaling ay isang nakikitang katibayan na si YHWH ay dumidinig at tumutugon sa kaniyang mga panalangin. Ito ay hindi lamang nakikitang pagpapakilala ng si YHWH na nagpapaliga sa salmista ngunit

1. ito ay isang tanda na si YHWH ay nalulugod (BDB 342, KB 339, *Qal* GANAP) sa kaniya
2. si YHWH ay sinang-ayunan (BDB 1069, KB 1751, *Qal* GANAP, cf. Awit 63:8) ang kaniyang integridad (BDB 1070), na nangangahulugan ng kawalang kasalanan (cf. Awit 25:21; 101:2; Kawikaan 10:9; 19:1; 20:7; 28:6)
3. si YHWH ang nagtakda (BDB 662, KB 714, *Hiphil* DI-GANAP na may *waw*) sa Kaniyang presensiya (i.e., tabernakulo/templo, cf. Awit 16:11; 23:6; 27:4-6) magpakailanman (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 41:13**

**13 Purihin ang Panginoon, ang Diyos ng Israel,**
**mula sa walang pasimula at hanggang sa walang hanggan.**
**Siya nawa, at Siya nawa.**

**41:13** Ito ay isang doxolohiko, liturhikong pagsasara (cf. Awit 72:18-19; 89:52; 103:19-22; 106:48; 150:6). Ito ay maaaring hindi orihinal na bahagi ng Awit 41, ngunit isang pangkalahatang pagsasara sa unang aklat (Awit 1-41) ng Salmo.

1. ang Awit 72:18-19 ay winawakasan ang Aklat II

2. ang Awit 89:52 ay winawakasan ang Aklat III
3. ang Awit 106:47-48 ay winawakasan ang Aklat IV
4. ang Awit 150:6 ay winawakasan ang Aklat V

▣ **"Siya nawa, at Siya nawa"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: AMEN**

I. LUMANG TIPAN
   A. Ang salitang "Amen" ay galing sa salitang Hebreo para sa
      1. "katotohanan" (*emeth*, BDB 49)
      2. "puno ng katotohanan" (*emun, emunah*, BDB 53)
      3. "pananampalataya" o "puno ng pananampalataya"
      4. "pagtitiwala" (*dmn*, BDB 52)
   B. Ang etimolohiya ay galing sa tindig ng taong matibay. Ang kabaliktaran nito ay ang isang hindi matibay, dumudulas (cf. Awit 40:2; 73:18; Jeremias 23:12) o kakatisuran (cf. Awit 73:2). Mula sa literal na pagkagamit nabuo ang salitang metaporikal sa puno ng pananampalataya, pagtitiwala, katapatan, at maaasahan (cf. Genesis 15:6; Habakuk 2:4).
   C. Mga natatanging paggamit
      1. Isang haligi, II Hari 18:16 (I Timoteo 3:15)
      2. katiyakan, Exodo 17:12
      3. maaasahan, Exodo 17:12
      4. katatagan, Isaias 33:6; 34:5-7
      5. katotohanan, I Hari 10:6; 17:24; 22:16; Kawikaan 12:22
      6. matatag, II Chronika 20:20; Isaias 7:9
      7. maaasahan (Torah), Mga Awit 119:43,142,151,168
   D. Sa OT dalawa iba pang salitang Hebreo ay ginamit para sa aktibong pananampalataya.
      1. *bathach* (BDB 105), pagtitiwala
      2. *yra* (BDB 431), takot, paggalang, pagsamba (cf. Genesis 22:12)
   E. Mula sa pagkakagamit ng tiwala o katiwa-tiwala ay nabuo ang isang pagkakagamit na *liturhikong* upang tindigan ang katotohan at pagtitiwala ng pahayag ng iba (cf. Deuteronomio 27:15-26; Nehemiah 8:6; Mga Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48).
   F. Ang susing teolohiko sa salitang ito ay hindi sa katapatan ng tao kundi ni YHWH (cf. Exodo 34:6; Deuteronomio 32:4; Awit 108:4;115:1; 117:2; 138:2). Ang tanging pag-asa ng sangkatauhang mapapahamak ay ang mahabagin, mapagkakatiwalaan,mapagkasundong katapatan ni YHWH at Kanyang mga pangako. Sa kanilang nakakakilala kay YHWH ay magiging katulad niya (cf. Habakuk 2:4). Ang Bibliya ay isang kasaysayan at isang tala ng Diyos na ipinapanumbalik ang kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) sa sangkatauhan. Ang kaligtasan ay pinapanumbalik ang kakayahan ng taong magkaroon nang malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ang dahilan kaya tayo nilikha.

II. BAGONG TIPAN
   A. Ang gamit ng salitang "amen" bilang isang paghuling *liturhikong* na pagtindig sa katapatan ng isang pahayag ay karaniwan sa NT (cf. I taga-Corinto 14:16; II taga-Corinto 1:20; Pahayag 1:7; 5:14; 7:12).
   B. Ang gamit ng salitang ito bilang pagtapos ng panalangin ay karaniwan sa NT (cf. taga-Roma 1:25; 9:5; 11:36; 16:27; taga-Galacia 1:5; 6:18; taga-Efeso3:21; taga-Filipos 4:20; II taga-Thesalonica 3:18; I Timoteo 1:17; 6:16; II Timoteo 4:18).

C. Si Hesus lamang ang gumamit nito (madalas na dalawahan sa Juan) upang pasimulan ang mga mahalagang pangungusap (cf. Lucas 4:24; 12:37; 18:17,29; 21:32; 23:43)
D. Ito ay ginamit na isang pantawag kay Hesus sa Pahayag 3:14 (marahil isang pantawag kay YHWH sa Isaias 65:16).
E. Ang kaisipang puno ng pananampalataaya o pananampalataya, pagtitiwala, o tiwala ay inihayag sa Griyegong salitang *pistos* o *pistis*, na naisalin sa Ingles bilang "tiwala," "pananampalataya," "paniniwala."

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang tinutukoy sa talata 1a?
2. Paano maiuugnay ang kasalanan at pagkakasakit?
3. Ang talata 7 ba ay nagpapahayag ng tsismis at paninirang-puri o mga sumpa at mga gayuma?
4. Ano ang "mga masamang bagay" ng talata 8?
5. Paano ginamit ang talata 9 sa NT? Ano ang ipinapahiwatig nito?
6. Ano ang eksaktong ipinapahayag ng salmista sa talata 12? Ano ang kaniyang ninanais?
7. Bakit hindi bahagi ng Awit ang talata 13?

# AWIT 42

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagkauhaw sa Diyos sa Kaguluhan at Pagpapatapon<br>Panimula sa MT<br>Para sa Punong Mang-aawit Maskil ng mga anak na lalaki ni Korah. | Pananabik sa Diyos sa Gitna ng Pagkabalisa | Panalangin para sa Pagpapa-galing sa Paghahanda sa isang Paglalakbay | Panalangin ng Isang tao sa Pagpapatapon | Panaghoy ng isa Levita sa Pagpapatapon |
| 42:1-4 | 42:1-3 | 42:1-3 | 42:1-3 | 42:1 |
| | | | | 42:2 |
| | | | | 42:3 |
| | 42:4 | 42:4-5b | 42:4-5 | 42:4 |
| 42:5-8 | 42:5 | 42:5c-6a | | 42:5-6a |
| | 42:6-8 | 42:6b-8 | 42:6-8 | 42:6b-d |
| | | | | 42:7 |
| | | | | 42:8 |
| 42:9-11 | 42:9-10 | 42:9-10 | 42:9-10 | 42:9 |
| | | | | 42:10 |
| | 42:11 | 42:11 | 42:11 | 42:11 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang unang talata ay palaging nangungusap sa aking nang taimtim. Ito ay ang diwa ng kung ano dapat ang isang personal na pakikipag-ugnayan. Ngunit kahit na sa ganitong malalalim na ugnaya, hindi nangangahulugan na ang mga suliranin, pagkakasakit, mapanirang pag-atake ay hindi mangyayari. Ang dakilang pangako ay hindi ang kawalan ng mga suliranin, ngunit ang Kaniyang presensiya (cf. Awit 23:4; 16:8).

B. Sa aking palagay, ang salmista ay nasa pagkakatapon.
   1. hindi siya makapunta sa templo, v. 4
   2. inaasam niya ang Canaan, v. 6
   3. siya ay tinutuya ng kaniyang mga manghuhuli, vv. 3, 10 (cf. Awit 137, ay isa ring Awit sa pagpapatapon).

   Ang NASB Study Bible (p. 781) ay may isang nakakawiling mungkahi na ang salmista ay isang Korahitong Levita na bihag ng Syria. Binibigyan nito ng isang halimbawa ng isang pagsalakay ng Syria (e.g., 2 Mga Hari 12:17- 18). Ang mga Koraheo ay nanirahang sa hilagang bahagi ng Israel (cf. Joshue 2:4,9-19). Ito ay maaaring maipaliwanag
   1. ang teoriya ng pagkakatapon
   2. ang hilagang mga heograpikong lugar sa talata 6

C. Ang umuulit na parirala na "kawalan ng pag-asa" (sa literal ay "ibinagsak," BDB 1005, KB 1458, *Hithpolel* (DI-GANAP) ay makikita nang tatlong na beses sa maikling tula na ito, mga talata 5, 6, at 11. Ang salmista ay nasasaktan sa loob (v. 5) at labasa (v. 10).

   Gayundin, ang tingnan ang pag-uulit ng mga talata 5 at 11 na may tanging kakaunting pagbabago. Ang katulad na talata ay makikita muli sa Awit 43:5, na nagpapahiwatig na ang Awit na ito ay may malapit na kaugnayan, maaaring isang Awit (UBS *Handbook*, p. 398).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 42:1-4**

**1 Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis,**
**gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa iyo, Oh Diyos.**
**2 Kinauuhawan ng aking kaluluwa ang Diyos, ang buhay na Diyos;**
**kailan ako paririto, at haharap sa Diyos?**
**3 Ang aking mga luha ay naging aking pagkain araw at gabi,**
**Habang kanilang sinasabing lagi sa akin, "saan nandoon ang iyong Diyos?"**
**4 Ang mga bagay na ito ay aking naaalaala, at nanglulumo ang aking kaluluwa sa loob ko.**
**kung paanong ako'y nagpatuloy sa karamihan, at pinatnubayan ko sila sa bahay ng Diyos,**
**na may tinig ng kagalakan at pagpupuri, na isang karamihan na nagdidiwang ng pista.**

**42:1-4** Sa istropang ito, ang isan ay nagtataka kung ano ang suliranin.
1. ang salmista inilalayo mula sa YHWH
2. ang salmista hindi pakapagsamba sa templo (cf. v. 4b,c)
3. ang pananampalataya ng salmista ay hinahamon ng kasalukuyang mga kalagayan (i.e., pagkatapon) at panunuya ng kaniyang mga manlulupig (vv. 3,10; 79:10; 115:2)

Tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, B.

**42:1**
**NASB, NKJV "pagkasabik"**

**NRSV, TEV,**
**LXX, REB** **"pag-asam"**
**NJB** **"manabik"**
**JPSOA** **"pag-iyak"**

Ang PANDIWA na ito (BDB 788, KB 881, *Qal* DI-GANAP) ay matatagpuan lamang ng tatlong beses sa ang OT, dalawang dito at isa sa Joel 1:20, kung saan ito ay ginamit ng mga hayop ng bukid.

Dapat bang bigyang-diin ng mga tagapagpaliwanag ang maigting na naisin ng salmista para sa Diyos (cf. Awit 63:1) o ang kaniyang pagnanais na pumunta sa templo sa isang araw ng pista (42:4)? Sa aking palagay, ang opsyon #2 ang mas umaakma sa konteksto.

▣ **"kaluluwa"** Ito ay ang Hebreo na terminong *nephesh* (BDB 659, cf. 42:2,4,5,6,11). Tingnan ang tala sa Awit 3:2. Ito ay isang wikain ng sanggunian sa sarili.

▣ **"ang buhay na Diyos"** Ito ay isang paglalaro sa mga salita

1. mabuhay (PANDIWA, חיה, BDB 310)
2. pamumuhay (חי, PANG-URI, BDB 311 I)
3. YHWH (יהוה, BDB 217, kasunduan pangalan para sa pagka-Diyos, cf. Genesis 2:4; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1) Si YHWH ay ang tanging-nabubuhay, nabubuhay na Diyos kailanman (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7). Ang lahat ay nabubuhay sa pamamagitan Niya, sa Kaniya, at para sa Kaniya (cf. Awit 18:46). Ang pagtatanging ito ng Diyos ng Israel bilang "buhay" ay kasalungat ng mga idolo ng mga pagano na bulag, bingi, pipi at hindi umiiral (cf. Isaias 4:9-20; Habakkuk 2:18-19).

**42:2 "haharap sa Diyos"** Ito ay isang wikain para sa pagharap sa templo sa isang araw ng pista. Ang salmista ay pinipigilan mula sa na tumungo sa Herusalem sa panahon ng mga kapistahan.

Mayroong isang katanungan kung paano mauunawaan ang mga katinig.

1. NASB ay sinusunod ang MT, "magpakita sa harapan"
2. RSV ay binago ang mga patinig sa "at mamasdan ang mukha ng Diyos"

Ang UBS Text Project (p. 232) ay binibigyan opsyon #2 isang "C" na antas (i.e., maraming pagduruda).

**42:3 "*kanila*"** Ang teksto ay hindi tiyak kung sino ang tinutukoy.

1. mga manggagapi
2. mga kaaway
3. mga pagano

Sa aking palagay, #1 ay ang pinakaakma sa Awit. Ang NJB pinamagatan ang Awit na ito na "Panaghoy ng isang Levita sa Pagpapatapon." Pansinin na nararamdaman ng salamista na ang mga taong ito ay tinutuya siya sa mahabang panahon (v. 3b; 79:10; 115:2).

**42:4** Ang pagsamba ay dapat na isang maligaya, inaabangang karanasan. Ninanais ko ang ang iyong karanasan ng pagsamba ay maaaring makilala!

Inaalala ng salmista ang kaniyang nakaraang mga nanahon ng pagsamba.

1. Aking naaalala – BDB 269, KB 269, *Qal* PANGPANGKAT
2. nanglulumo ang aking kaluluwa sa loob ko – BDB 1049, KB 1629, *Qal* PANGPANGKAT

▣

**NASB, NRSV** **"karamihan"**
**NKJV** **"karamihan ng tao"**
**TEV, JPSOA** **"kakapalan ng tao"**
**NJB** **"sa ilalim ng bubong"**

**LXX "tolda"**

Ang salitang (BDB 697) isinalin na "karamihan ng tao" ay makikita, tanging dito sa OT, ngunit ang katulad na mga katinig ay maaaring mangahulugang "masukal," "takip," "tolda," "kubol." Ang LXX ay nakita ang pagkakaagapay ng ikalawang opsyon bilang ang pinakamainam na paraan sa pagpapaliwanag ng salitang ito (gayunin, mga tala sa UBS Text Project, p. 233). Para sa isang mabuting maikling pagtalakay tingnan ang NIDOTTE, tomo 3, p. 247.

▣ **"pinatnubayan ko sila"** Mayroong ilang kalituhan sa kahulugan ng salitang ito.

1. "lumakad nang mabagal" – BDB 186, KB 214, *Hithpael* DI-GANAP (salmista ay isang Korahitong Levita na mang-aawi na kasama sa mga ritwal, mga awit, at liturhiya ng templo, cf. 2 Cronica 20:19)
2. "ng maharlika" – tumutukoy sa tolda ng lugar ng pagsamba (NJB, REB)
3. UBS Text Project (p. 234) ay binibigyan isang "C" na antas (maraming pagduruda) sa "pinatnubayan ko sila."

Ang tanging pagkakaiba sa lahat ng tatlong mga opsyon ay ang mga tanda ng patinig.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 42:5-8**

**5 Bakit ka nanglulumo, Oh kaluluwa ko?**
**At bakit ka nababagabag sa loob ko?**
**Umasa ka sa Diyos: sapagka't pupuri pa ako sa kaniya**
**dahil sa kagalingan ng kaniyang mukha.**
**6 Oh Diyos ko, ang aking kaluluwa ay nanglulumo sa loob ko;**
**kaya't aking inaalaala ka mula sa lupain ng Jordan**
**at ng Hermonitas, mula sa burol ng Mizhar.**
**7 Kalaliman ay tumatawag sa kalaliman sa hugong ng iyong mga baha;**
**lahat ng iyong alon at ang iyong malaking alon ay nagsitabon sa akin.**
**8 Gayon ma'y uutusan ng Panginoon ang kaniyang kagandahang-loob sa araw;**
**at sa gabi ay sasa akin ang awit sa kaniya,**
**sa makatuwid baga'y isang dalangin sa Diyos ng aking buhay.**

**42:5-8** Ang salmista ay sinusubukan na muling bigyan tiwala ang sarili. Ito ay pinabatid sa pamamagitan ng dalawang mga katanungan sa talata 5. Kaniyang sinagot ang mga katanungan:

1. "umasa" ("wait," BDB 403, KB 407, *Hiphil* PAUTOS) sa Diyos
2. "ako ay magpupuri sa Kaniya – BDB 392, KB 389, *Hiphil* PAUTOS) dahil sa kagalingan ng kaniyang muka"
3. "aking inaalala (BDB 269, KB 269, *Qal* DI-GANAP) Ka mula sa"
   a. lupain ng Jordan
   b. Hermonitas (BDB 356, ang pangalan ay PANGMARAMIHAN sa tanging dito sa OT, samakatuwid, "mga tuktok")
   c. burol ng Mizar ("maliit na burol," BDB 859, LXX) na tanging makikita dito sa OT. Ito ay maaaring tumukoy sa
      (1) maliit na burol na malapit sa Bundok Hermon
      (2) isang paraan sa pagtukoy sa Bundok Moriah, ang lugar ng templo sa Herusalem

Ang Hebreong panitikan ay mahirap na bagay! Ang paglalarawan nito ay kadalasang may kalabuan (tingnan ang Dagdag Dahon: Hebreong Panitikan sa pahina xxi).

**42:7** Ang paglalarawan ay makapangyarihan. Ang pariralang "kalaliman ay tumatawag sa kalaliman" ay kumikilos ngunit may kalabuan. Anong talon kaya ang kaniyang tinutukoy?

1. ang mga pagluha ng salmista, 42:3
2. ang Lambok ng Ilog Jordan at ang pinanggalingan nito sa mga bundok, 42:6

Ang susunod na linya ay nagpapahiwatig na ito ay paglalarawan ng mga suliranin na kinakaharap ng salmista (cf. Awit 69:1-2; 88:7). Pansinin na sila ay kay YHWH

1. mga talon
2. mga mambabali
3. mga alon

na siyang gumugulong (BDB 716, KB 778, *Qal* GANAP) sa salmista! Ang matatapat na mga tagasunod ay nabubuhay sa isang nalugmok na mundo ngunit nananampalataya/nagtitiwala na si YHWH "ang Diyos ng aking buhay" (42:9c). Ang "bakit" ay di-kilala, ngunit ang "Sino" ay kasama natin at ito ay tiyak!

Ang paglalarawan of "tubig" in ang Awit na ito ay multi-fold.

1. mga batis ng tubig, v. 1 (i.e., tagtuyot)
2. mga luha, v. 3 (i.e., pasakit)
3. isang ilog (i.e., Jordan), v. 6
4. malalim, v. 7
   a. mga damdamin
   b. paglalarawan mula sa pagkatalo ng Diyos sa chaos sa Genesis 1
5. mga talon (i.e., lugag ng kubliha sa hilaga ay maaaring sa ilalim ng isang talon)
6. mga mambabali/mga alon (i.e., isang baha ng mga suliranin)

**42:8** Habang ang luha ng salmista ang kaniyang pagkain araw at gabi (v. 3), ngayon ang (pansinin na ito ay ang tanging paggamit ni YHWH sa Awit; ang Aklta 2 ng Salmo ay pinangungunaha ng paggamit ng *Elohim* para sa pagka-Diyos, sa Book 1 ay YHWH) kagandahang-loob at awit ni YHWH ay kaniyang mga kasama.

▣ **"ang awit sa kaniya"** Ito ba ang bunga ng kagandahang-loob ni YHWH (*hesed*, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7) o ay magkakaagapay? Ano ay awit ni YHWH? Paanong ang panalangin ng salmista sa linya 3 ay nauugnay sa "ang awit"? Ito ay maaaring tumutukoy sa laman ng mga mga pagpuri ng salmista sa kahabagan at katapatan ni YHWH. Ang mga detalye ng tula ay may kalabuan. Kailangan nating timbangin at maramdaman ang istropa, at ang pagkakaagapay ng mga linya ang maggagabay sa atin sa isang pangkalahatang pagkilala! Hindi dapat pilitin ang mga detalye! Huwag bumuo ng doktrina sa nahiwalay ng mga linya ng tulaan!

▣ **"sa Diyos ng aking buhay"** Ang matatapat na mga tagasunod ay hindi nag-iisa; mayroong layunin sa kanilang mga buhay; mayroong isang mahabaging Manlilikha na kasama nila at para sa kanila! Walang "nagyayari lamang" sa matapat na mga tagasunod (cf. Awit 139).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 42:9-11**

**9 Aking sasabihin sa Diyos na aking malaking bato, bakit mo ako kinalimutan?**
**Bakit ako'y yayaong tumatangis dahil sa pagpighati ng kaaway?"**
**10 Na wari tabak sa aking mga buto, na tinutuya ako ng aking mga kaaway,**
**habang sinasabi nilang lagi sa akin, saan nandoon ang iyong Diyos?**
**11 Bakit ka nanglulumo, Oh kaluluwa ko?**
**At bakit ka nababagabag sa loob ko?**
**Umasa ka sa Diyos: sapagka't pupuri pa ako sa kaniya,**
**na siyang kagalingan ng aking mukha, at aking Diyos.**

**42:9-11** Nakikita mo ba ang nilalayong pagkakaagapay sa mga talata 3 at 10; mga talata 5 at 11?

Ito ay tulad ng isang nagpapatibay na buod. Ang salmista ay nararamdaman ang pag-iisa (v. 9a), pag-atake (v. 9b), panghihina ng loob (v. 11a,b). Paano siya dapat tumugon?

1. maghintay – katulad na anyo sa v. 5

2. magpuri – BDB 392, KB 389, *Hiphil* PANGPANGKAT
3. alalahanin ang Diyos ng talata 8 at kaniyang mga panahon ng nakaraang pagsamda kasama Siya sa talata 4. Ang Pananampalata ay nagpapanukala ng pagpatuloy at nagtatayo batay sa mga nakalipas na gawa ng pagtitiwala.

**42:9 "aking malaking bato"** Tingnan ang tala sa Awit 18:2.

**42:10** Ang mga salita ng kaniyang mga kaaway ay lubhang masakit na ang salmista ay inilalarawan sila bilang "kamatayan sa kaniyang mga buto." Ang mga salita ay nakakpinsala. Sila ay nakakapangwasak. Sila ay naghahayag ng puso at isang araw bawat tao ay magbibigay ng isang pagsusulit sa Diyos para sa kaniyang mga salita (cf. Mateo 12:36-37).

**42:11d** Ang huling PANGNGALAN SUGNAY ay gumagana tulad ng PANGNGALAN SUGNAY ngtalata 8c. Ito ay isang pagpapatibay ng presensiya at pagkalinga ng Diyos! Siya ay nasa atin at para sa atin!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sa Aklat 2 (Awit 42-72) ng Awit mayroong dalawang pangalan para sa pagka-Diyos na madalas na makikita.
   a. *Elohim*
   b. YHWH

   Ipaliwanag kung ano ang kanilang kahulugan.
2. Paano ang "buhay na Diyos" isang paglalaro ng salita kay YHWH?
3. Ang may-akda ba ay
   a. isang Levita?
   b. nasa pagpapatapon?
4. Nasaan ang Bundok Mizar?
5. Sino ang nagsabign, "Nasaan ang iyong Diyos?"
6. Bakit iniisip na ang Awit 42 at 43 ay minsang naging isang Awit?

# AWIT 43

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin sa Pagpapalaya<br>Walang Panimula sa MT<br>Isang pagpapatuloy ng Awit 42 | Panalangin sa Diyos sa Panahon ng Kaguluhan | Panalangin para sa Pagpapa-galing sa Paghahanda sa isang Paglalakbay | Panalangin ng Isang tao sa Pagpapatapon | Panaghoy ng isa Levita sa Pagpapatapon |
| 43:1-2 | 43:1-2 | 43:1-2 | 43:1-2 | 43:1 |
| | | | | 43:2 |
| 43:3-4 | 43:3-4 | 43:3-4 | 43:3-4 | 43:3 |
| | | | | 43:4 |
| 43:5 | 43:5 | 43:5 | 43:5 | 43:5 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 43:1-2**
**1 Hatulan mo ako, Oh Diyos,**
**at ipagsanggalang mo ang aking usap laban sa masamang bansa;**
**Oh iligtas mo ako sa magdaraya at hindi ganap na tao!**
**2 Sapagka't ikaw ang Diyos ng aking kalakasan; bakit mo ako itinakuwil?**
**Bakit ako yumayaong tumatangis dahil sa pagpighati ng kaaway?**

**43:1** Dahil sa

1. ang pag-uulit ng 42:5 at 11, na muling makikita sa 43:5

2. walang panimula sa MT sa Awit 43 (ang tanging Awit sa Aklat 2 na walang panimula) ito ay maaaring bahagi ng Awit 42 sa isang panahon ngunit hinati dahila sa di-nalalamang dahilan. Ang tala ng Jewish Study Bible (p. 1330) ay nagmumungkahi na ang katotohanan na ang Awit 42 ay tumutuon sa nakalipas, habang ang Awit 43 ay tumutuon sa panghinaharap, na maaaring isang pahiwatig kung bakit at saan sila nahati!

▣ **"hatulan"** Ang PANDIWA na ito (BDB 1047, KB 1622, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 7:8; 26:1; 35:24) ay talagang nangangahulugang "hatulan." Ang salmista ay gumagamit ng wika sa hukuman (cf. Awit 17:1-3). Si YHWH ay ang matuwid at makatarungang hukom ng lahat ng pantaong gawain (i.e., Awit 9:4).

▣ **"ipagsanggalang ang aking usap"** Ito rin ay isang talinghaga sa hukuman (BDB 936, KB 1224, *Qal* PAUTOS). Si YHWH ay ang tanging makatarungan at walang pinapanigang hukom! Ang katulad na pakapangyarihang paglalrawan sa hukuman ay nasa taga-Roma 8:31-39!

▣ **"sa masamang bansa"** Kung ito ay totoo na ang Awit 42 at 43 sa orihinal ay isang Awit at ang 42:6 ay nangangahulugang ang may-akda ay nasa pagkatapon, ngayon, ang "masamang bansa" ay maaaring tumukoy sa Syria.

Ito ay nakakagulat na ang susunod na linya ay gumagamit ng naglalarawang parirala, "ang mapanlinlang at di-matuwid na tao!" Ang is ay inaasahan ang PANGMARAMIHAN at isang paglalarawan na nakatuon sa pagsamba sa diyus-diyosan o pagsalakay.

**43:2** Ang buhay ay mahirap, hindi makatuwiran, at mga suliranin ay dumating nang di-inaasahan. Lahat tayo ay nagtataka kung bakit.

1. ako ba ay nagkasala sa Diyos
2. linabag ko ba ang kautusan ng Diyos
3. ito ba ay isang kahatulan para sa kasalanan o di-pinipiling mga pangyayari at taong masasama sa isang nalugmok na mundo?

Ang salmista ay nagtatanong kung "Bakit" (v. 2), gayundin ang lahat ng tao!

Tandaang ito ay Karunungang Panitikan ng OT, na isang kilalang genre sa ANE. Sinasagot nito ang mga katanungan ng lahat ng mga tao. Para sa Israel, ang mga katanungan ay may kaugnayan kay YHWH at Kaniyang kapahayagan kay Moises. Ang OT ay hindi sinasagot ang lahat ng mga katanungan sa katulad na paraan sa NT. Mayroong pagbabago.

1. lumalagong kapahayagan
2. bagong kasunduan
3. ang hiwaga ng kasamaan

▣ **"ang Diyos ng aking kalakasan"** Ito ay isang inuulit na koro (BDB 731, i.e., isang lugar ng kaligtasan o pagkupkop, kadalasang isinasaling "kublihan" cf. Awit 27:1; 28:7-8; 31:2,4; 37:39; 52:7; Isaias 17:10; 25:4; 27:5; Jeremias 16:19). Ang matatapat na mga tagasunod ay palaging nalalaman na si YHWH ang kanilang pag-asa, pagkupkop, at lugar ng kaligtasan sa gitna ng mga suliranin at mga pagtatalo sa nalugmok na mundong ito. Gayunman, ang kapayapaang ito ay kailangang yakapin. Ito ay isang pananampalatayang pagkilos at isang pananaw sa mundo na walang kaugnaya sa pag-ikot ng mga pangyayari ng kasalukuyang katotohanan!

▣ **"Bakit ako yumayaong tumatangis dahil sa pagpighati ng kaaway?"** Ito ay katulad na katulad ng Awit 42:9.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 43:3-4**

> [3]**Oh suguin mo ang iyong liwanag at ang iyong katotohanan; patnubayan nawa nila ako;**
> **dalhin nawa nila ako sa iyong banal na bundok**
> **at sa iyong mga tabernakulo.**
> [4]**Kung magkagayo'y paparoon ako sa dambana ng Diyos,**
> **sa Diyos na aking malabis na kagalakan;**
> **at sa alpa ay pupuri ako sa iyo, Oh Diyos, aking Diyos.**

**43:3 "suguin"** Ito PANDIWA (BDB 1018, KB 1511, *Qal* PAUTOS) ay isang kahilingan sa panalangin na nagbibigay katauhan kay YHWH, sa Kanyang

1. liwanag – BDB 21
   a. bilang pagtatangi ni YHWH – Awit 4:6; 44:3
   b. bilang isang gabay – Mikas 7:8
   c. bilang eskatolohikong liwanag – Isaias 9:2 (unang pagdating ni Hesus); Isaias 60:19-20 (ikalawang pagdating ni Hesus)
2. katotohanan – BDB 54 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1)
   a. isang katangian ni YHWH na kadalasang isinasaling "katapatan" – Awit 40:10; 71:22; 115:1; 138:2
   b. kadalasan pagbibigay-katauhan sa mga kinatawan o mga mensahero ni YHWH – Awit 40:11; 43:3; 57:3; 85:10; 89:14

Pansinin kung ano ang ginagawa ng "liwanag" at "katotohanan".

1. patnubayan nawa nila ako – BDB 634, KB 685, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. dalhin nawa nila ako sa iyong banal na bundok – BDB 97, KB 112, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

▣ **"banal na bundok"** Ito ay isa sa maraming paraan sa pagtukoy sa templo sa Bundok Moriah sa Herusalem. Ito ay tinatawag din na (kadalasang may ang PANG-URING "banal"):

1. Sion
2. tahanan
3. banal na lugar
4. tirahan
5. templo
6. bundok
7. lungsod ng Diyos

Dito ito ay magkakaagapay sa "Iyong mga dakong pinananahanan" (cf. Awit 46:4; 84:1). Ang PANGMARAMIHAN ay nagpapakilala lahat ng mga gusali ng templo o ang PANGMARAMIHAN NG PAGKAMAHARLIKA (cf. NIDOTE, tomo 2, p. 1132).

**43:4** Ang salmista ay nagnanais na pumunta (BDB 97, KB 112, *Qal* PANGPANGKAT) sa templo at magpuri (BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan) sa Diyos sa kaniyang kudyapi (BDB 490, i.e., isang may kwerdas na instrumento, cf Awit 33:2).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 43:5**

> [5]**Bakit ka nanglulumo, Oh kaluluwa ko?**
> **At bakit ka nababagabag sa loob ko?**
> **Umasa ka sa Diyos: sapagka't pupuri pa ako sa kaniya,**
> **na siyang kagalingan ng aking mukha, at aking Diyos.**

**43:5** Ito ay ang inulit koro mula sa Awit 42:5,11.  Pinagkakaisa nito ang dalawang awit.

**MGA TALAKAYANG TANONG**  – tingnan ang talaan sa Awit 42.  Ang dalawang Awit na ito ay isang pampanitikang yunit.

# AWIT 44

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Nakalipas na Pagpapalaya at Kasalukuyang Kaguluhan<br>Panimula sa MT<br>Para sa Punong Mang-aawi. Isang Maskil ng mga anak Korah | Naalaalang Katubusan sa Kasalukuyang Paninirang-Puri | Panalangin para sa Pagpapa-mula sa Pambansang Kaaway | Isang Panalangin para sa Pangangalaga | Pambansang Panaghoy |
| 44:1-3 | 44:1-3 | 44:1-3 | 44:1-3 | 44:1-2a |
| | | | | 44:2b-3 |
| 44:4-8 | 44:4-8 | 44:4-8 | 44:4-8 | 44:4-5 |
| | | | | 44:6-8 |
| 44:9-16 | 44:9-16 | 44:9-12 | 44:9-12 | 44:9-10 |
| | | | | 44:11-12 |
| | | 44:13-16 | 44:13-16 | 44:13-14 |
| | | | | 44:15-16 |
| 44:17-19 | 44:17-19 | 44:17-19 | 44:17-19 | 44:17-19 |
| 44:20-26 | 44:20-22 | 44:20-22 | 44:20-22 | 44:20-22 |
| | 44:23-26 | 44:23-26 | 44:23-24 | 44:23-24 |
| | | | 44:25-26 | 44:25-26 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang pagbubukas ng mga istropa ay pinag-iiba ang pagkabigo ng mga plano at mga pagpapapagal ng tao at ang mabisa at may layunin mga plano ni YHWH.

B. Sa isang paraan, ang Awit na ito ay katulad ng
   1. Deuteronomio 32
   2. Nehemiah 9
   3. Awit 78

   which kasaysayan ng kawalang-pananampalataya ng Israel at ang katapatan ni YHWH sa mga unang panahon (exodo, ilang, pagsakop, mga hukom).

C. Ang Awit na ito ay maliwanag na naisulat pagkatapos ng karanasan ng Israel sa pagpapatapon. Ang pagtuon nito ay pambasan hindi pansarili.

D. Ito ay kailangan muli at muling ipahayag na si YHWH ay may isang walang-hanggang pangkatubusang layunin. Tingnan mo ang sumusunod na mga Natatanging Paksa sa internet, (www.freebiblecommentary.org).
   1. Ang Walang-Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH
   2. Bakit Tila ang mga Pangkasunduang Pangako ng OT ay Naiiba sa mga Pangkasunduang Pangako ng NT?

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 44:1-3**

**1 Narinig namin ng aming mga pakinig, Oh Diyos,**
**isinaysay sa amin ng aming mga magulang**
**kung anong gawa ang iyong ginawa sa kanilang mga kaarawan,**
**ng mga kaarawan ng una.**
**2 Iyong itinaboy ng iyong kamay ang mga bansa;**
**nguni't itinatag mo sila;**
**iyong dinalamhati ang mga bayan,**
**nguni't iyong pinangalat sila.**
**3 Sapagka't hindi nila tinamo ang lupain na pinakaari**
**sa pamamagitan ng kanilang sariling tabak,**
**ni iniligtas man sila ng kanilang sariling kamay,**
**kundi ng iyong kanan, at ng iyong bisig, at ng liwanag ng iyong mukha,**
**sapagka't iyong nilingap sila.**

**44:1-3** Ang istropang ito ay isinasalaysay (GANAP MGA PANDIWA, cf. Deuteronomio 32:7) ang lahat ng mga pagkilos in YHWH para sa Israel sa panahon ng pananakop ni Joshue. Ang pananakop na ito ay tinupad ang pangako ng Genesis 15:12-21. Pansinin na ang talata sa Genesis ay binibigyang-diin ang tungkulin ni YHWH (i.e., banal na digmaan) sa pangako. Si YHWH ay kumilos, si Abraham ay natulog! Ang pananakop ay tagumpay ni YHWH, hindi ng mga hukbong ng Israelita (v. 3).

**44:1 "isinaysay sa amin"** Ang mga Pang-Hudyong taunang pista ay mga pagkakataon upang ituro sa bagong mga salin-lahi ang tungkol sa gawaing pagliligtas ng Diyos (cf. Exodo 12; Deuteronomio 6:20-25; tingnan ang inuulit na parirala, "kapag ang iyong mga anak ay nagtanong. . .," cf. Exodo 12:26,27; 13:14-15; Deuteronomio 6:20-35; Joshue 4:6-7,21-24). Ito ay espirituwal na pananagutan ng bawat

saling-lahi ng mga mananampalataya na turuan ang bagong saling-lahi tungkol sa Diyos, ang Kaniyang katangian, at pangkatubusang mga gawa.

**44:2 "ang mga bansa. . .ang mga bayan"** Ito ay tumutukoy sa sa mga katutubong tribo ng Canaan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: MGA NANINIRAHAN SA PALESTINO BAGO DUMATING ANG MGA ISRAELITA**

A. Mayroong maraming mga tala ng mga tao.
   1. Genesis 15:19-21 (10)
      a. Cineo
      b. Ceneceo
      c. Cedmoneo
      d. Heteo
      e. Pherezeo
      f. Refaim
      g. Amorrheo
      h. Cananeo
      i. Gergeseo
      j. Jebuseo
   2. Exodo 3:17 (6)
      a. Cananeo
      b. Heteo
      c. Amorrheo
      d. Pherezeo
      e. Heveo
      f. Jebuseo
   3. Exodo 23:28 (3)
      a. Mga Heveo
      b. Mga Cananeo
      c. Mga Heteo
   4. Deuteronomio 7:1 (7)
      a. Mga Heteo
      b. Mga Gergeseo
      c. Mga Amorrheo
      d. Mga Cananeo
      e. Mga Pherezeo
      f. Mga Heveo
      g. Mga Jebuseo
   5. Josue 24:11 (7)
      a. Amorrheo
      b. Pherezeo
      c. Cananeo
      d. Heteo
      e. Gergeseo
      f. Heveo
      g. Jebuseo

B. Ang pinanggalingan ng mga pangalan ay walang katiyakan dahil sa kakulangang ng mga pangkasaysayang tala. Ang Genesis 10:15-19 ay isinasama ang mga kaugnay kay Canaan, ang anak ni Ham.

C. Ang mga maikling paglalarawan mula sa pinakamahabang tala ng Genesis 15:19-21
   1. Cineo
      - BDB 884
      - hindi Israelita
      - ang mga salita ay maiuugnay sa "manghuhuwad" o "panday," na maaaring tumukoy sa paggawa sa bakal o musika (cf. Genesis 4:19-22)
      - kaugnay sa bahagi ng Sinai, hilaga sa Hebron
      - ang pangalan ay kaugnay kay Jethro, biyanang lalaki ni Moises (cf. Mga Hukom 1:16; 4:11)
   2. Ceneceo
      - BDB 889
      - kamag-anak ng mga Hudyo
      - isang angkan ng Edom (cf. Genesis 15:19; 30:15,42)
      - naninirahan sa Timugan
      - maaaring naisama sa Judah (cf. Mga Bilang 32:12; Josue 14:6,14)
   3. Cedmoneo
      - BDB 870 II
      - hindi Israelita, maaaring nagmula kay Ishmael (cf. Genesis 25:15)
      - ang pangalan ay naiuugnay sa "taga silangan"

- naninirahan sa Timugan
- maaaring kaugnay ng "mga tao sa silangan" (cf. Job 1:3)

4. Heteo
   - BDB 366
   - hindi Israelita
   - nanggaling kay Heth
   - mula sa kaharian ni Anatolia (Asya Minor, Turkiya)
   - naninirahan sa Canaan ng mas naunang panahon (cf. Genesis 23; Josue 11:3)
5. Pherezeo
   - BDB 827
   - hindi Israelita, maaaring mga Huryano
   - naninirahan sa kagubatan ng Judah (cf. Genesis 34:30; Mga Hukom 1:4; 16:10)
6. Refaim
   - BDB 952
   - hindi Israelita, maaaring mga dambuhala (cf. Genesis 14:5; Mga Bilang 33:33; Deuteronomio 2:10-11,20)
   - naninirahan sa silangang panig ng Jordan
   - lipi ng mga mandirigma /mga bayani
7. Amorrheo
   - BDB 57
   - Hilagang kanlurang Semitikong pangkap ng mga tao ng nagsimula kay Ham (cf. Genesis 10:16)
   - Naging pagkalahatang katawagan sa mga naninirahan sa Canaan (cf. Genesis 15:16; Deuteronomio 1:7; Josue 10:5; 24:15; II Samuel 21:2)
   - Ang pangalan ay maaaring mangahulugang "ang kanluran"
   - ang ISBE, tomo 1, p. 119, ay nagsasabing ang salita ay nangangahulugang
     a. mga naninirahan sa Palestino sa pangkalahatan
     b. ang mga mamamayan ng bansa sa burol na salungat sa baybaying kapatagan
     c. isang partikular na pangkat na may sariling hari
8. Cananeo
   - BDB 489
   - mula kay Ham (cf. Genesis 10:15)
   - pangkalatahang katawagan sa lahat ng mga tribo ng Canaan sa kanluran ng Jordan
   - ang kahulugan ng Canaan ay di-tiyak, maaaring "mangangalakal" o "pulang kulay ube na pangkulay"
   - bilang isang pangkat ng tao na naninirahan sa baybaying kapatagan (cf. Mga Bilang 13:29)
9. Gergeseo
   - BDB 173
   - mula kay Ham (cf. Genesis 10:16) o kahit man lang "mula sa isang anak ng [i.e., ang bansa ng] Canaan," ISBE, tomo 2, p. 1232)
10. Jebuseo
    - BDB 101
    - mula kay Ham (cf. Genesis 10:16)
    - mula sa lungsod ng Jebus/Salem/Herusalem (cf. Josue 15:63; Mga Hukom 19:10)
    - Ezekiel 16:3,45 ay nagpapahaya na sila ay magkahalong lahi na mula sa Amorrheo at Heteo
11. Mga Heveo
    - BDB 295
    - mula kay Ham (cf. Genesis 10:17)
    - naisalin ng LXX bilang Horito (cf. Genesis 34:2; 36:20-30; Josue

9:7)

- maaaring mula sa Hebreong salita na "yungib," samakatuwid ay naninirahan sa mga kweba o yungib
- sila ay naninirahan sa matataas sa lupain ng Lebanon (cf. Josue 11:3; Mga Hukom 3:3). Sa II Samuel 24:7 sila ay nakatala kasunod ng Tiro at Sidon

▣ **"itinatag mo sila"** Sa konteksto, ito ay patuloy na tumutukoy sa Cananeong mga tribo (cf. LXX). Ang OT ay tinitinggan si YHWH bilang tagapagtatag ng lahat ng mga pangkat ng tao (cf. Deuteronomio 32:8). Ang Genesis 15:12-21 ay nagpapahayag na ang mga naninirahan sa Canaan ay pinaalis dahil sa kanilang mga kasalanan; kapag ang Israel ay nagkasala, siya rin at papaalisin (cf. Awit 78).

Ang TEV, REV, at NET Bible ay ipinagpapalagay na ang talata 2 ay nauugnay sa

1. Cananeong mga tao, 44:2a,c
2. mga Israelita sa ilalim ni Joshue, 44:2b,d (cf. Exodo 15:17; Jeremias 45:4)

**44:3** Ito ay hindi ang hukbo ng Israel ngunit ang kapangyarihan ni YHWH upang maisakatuparan ang Kaniyang mga layunin na nagpaghintulot sa Israel na lisanin ang Ehipto, maglakbay sa Canaan, at itaboy ang mga katutubong tribo!

Pansinin ang pagkakaagapay sa pagitan ng

1. Iyong kanan kamay
2. Iyong bisig
3. ang liwanag ng Iyong presensiya

Ang bilang 3 ay tumutukoy sa *Shekinah* ng Ulap ng Kaluwalhatin sa Panahon ng Paglalagalag sa Ilang.

▣ **"iyong nilingap sila"** Ito ay ang layunin ng pangako ni YHWH kay Abraham.

1. isang binhi (i.e., mga supling)
2. isang lupain
   a. Abraham – Genesis 12:7; 13:15; 15:18
   b. Israel – Genesis 26:3
   c. Jacob – Genesis 28:13

Ang PANDIWANG "nilingap" (BDB 953, KB 1280, *Qal* GANAP) ay ipinapakilala ang pangkasunduang layunin (cf. Genesis 12:3) sa pagdadala ng lahat ng mga tao sa Kaniyang sarili (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH sa Awit 2, Panimula). Pinili ni YHWH na gamitin si Abraham at kaniyang binhi (cf. Deuteronomio 4:37; 7:7-8; 10:15) upang lingapin ang lahat ng mga anak na lalaki at mga anak na babae ni Adan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 44:4-8**

**4 Ikaw ang aking Hari, Oh Diyos;**
**magutos ka ng kaligtasan sa Jacob.**
**5 Dahil sa iyo'y itutulak namin ang aming mga kaaway;**
**sa iyong pangalan ay yayapakan namin sila na nagsisibangon laban sa amin.**
**6 Sapagka't hindi ako titiwala sa aking busog,**
**ni ililigtas man ako ng aking tabak.**
**7 Nguni't iniligtas mo kami sa aming mga kaaway,**
**at inilagay mo sila sa kahihiyan na nangagtatanim sa amin.**
**8 Sa Diyos ay naghahambog kami buong araw,**
**at mangagpapasalamat kami sa iyong pangalan magpakailan man. Selah.**

**44:4-8** Kung ang unang istropa, na pinangibabawan ng GANAP MGA PANDIWA, ay nagpapakilala sa nakalipas, ang isang ito, na pinangibabawan ng MGA DI-GANAP, ay nagpapakilala pagkasalukuyan. Kapwa tumutukoy sa konsepto ng "banal na digmaan" o " Diyos bilang Mandirigma." Si YHWH (o Kaniyang pangalan, vv. 5,8) ay ang pinanggalingan ng mga tagumpay ng Israel, hindi ng kanilang hukbo.

**44:4 "Ikaw ang aking Hari"** Si YHWH bilang hari maaaring mula sa 1 Samuel 8:7. Ang Israelitang hari ay tanging isang panglupang kinatawang ng pamamahala at pamumuno ni YHWH (cf. Isaias 24:23; 52:7; 93:1; 96:10; 97:1; 99:1). Sa Hudyong panitikan at ritwal, si YHWH ay tinatawag na "Hari ng Sansinukob."

▣ **"magutos ka ng kaligtasan sa Jacob"** Ito ay isang PAUTOS NG KAHILINGAN (BDB 845, KB 1010, *Piel* PAUTOS.

Ang salitang "mga tagumpay" ay sa literal ay "kaligtasan" (BDB 447). Sa OT ito ay nagpapakilala pagpapalaya mula sa pisikal na mga suliranin at mga kaaway.

Ito ay maaari na ang huling titik on *Elohim* ay maaaring kasama ng susunod na salita, na gagawin itong "aking Pinuno" (AB, p. 265), na magkakaagapay sa "Aking Hari." AB ay pinagpapalagay na ang susunod na parirala ay maaari ring isang magkakaagapay na titulo "ang Tagapagligtas ni Jacob."

▣ **"sa Jacob"** Ito ay isang pagkabanggit sa mga pangako ni YHWH sa mga Patriyarka (i.e., Abraham, Isaac, Jacob, cf. Genesis 12-35). Si YHWH ay may isang walang-hanggang kapahayagan, pangkatubusang layunin para sa buong mundo kung saan ang Israel at si Hesus ay susing mga sangkap (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2, Panimula)!

**44:8** Pansinin ang pagkakaagapay ng talata 8.

1. naghahambog – nangagpapasalamat
2. buong araw – magpakailanman

▣ **"Selah"** Tingnan ang Panimula sa Awit, VII at tala sa Awit 3:2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 44:9-16**

**9Nguni't ngayo'y itinakuwil mo kami, at inilagay mo kami sa kasiraang puri,**
**at hindi ka lumalabas na kasama ng aming mga hukbo.**
**10Iyong pinatatalikod kami sa kaaway;**
**at silang nangagtatanim sa amin ay nagsisisamsam ng sa ganang kanilang sarili.**
**11Iyong ibinigay kaming gaya ng mga tupa na pinaka pagkain**
**at pinangalat mo kami sa mga bansa.**
**12Iyong ipinagbibili ang iyong bayan na walang bayad,**
**at hindi mo pinalago ang iyong kayamanan sa pamamagitan ng kanilang halaga.**
**13Ginawa mo kaming katuyaan sa aming mga kapuwa,**
**isang kasabihan at kadustaan nila na nangasa palibot namin.**
**14Iyong ginawa kaming kawikaan sa gitna ng mga bansa,**
**at kaugaan ng ulo sa gitna ng mga bayan.**
**15Buong araw ay nasa harap ko ang aking kasiraang puri**
**at ang kahihiyan ng aking mukha ay tumakip sa akin,**
**16Dahil sa tinig niya na dumuduwahagi at tumutungayaw,**
**dahil sa kaaway at sa manghihiganti.**

**44:9-16** Ang istropang ito ay isang lubusang pagkabaliktad ng 44:1-3 at 4-8. Sa halip na si YHWH ay nakikipagdigma para sa Israel (i.e., 44:9b; Awit 60:10; 108:11), Siya ay nakikipagdigma laban sa kanila. Hindi nito tiyakang binanggit kung bakit, ngunit ang suliranin ay nag pangkasunduan pagsuway at mga kahihinatnan nito (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30).

Ang mga nakakahilakbot na kahihinatnan ay hindi lamang panghukbong pagkatalo ngunit pagpapatapon, pagkaalipin, pagkapahiya!

**44:9 "itinakuwil mo kami"** Ang PANDIWA na ito (BDB 276, KB 276, *Qal* GANAP) ay kadalasang ginagamit sa Awit na kung saan itinatakuwil ni YHWH ang Kaniyang pangkasunduang bayan (cf. Awit 44:9,23; 60:1,10; 74:1; 77:7; 108:11). Ang kadahilanan kung bakit ay malaking katanungan.

1. pagkasunduang pagsuway (i.e., Levitico 26; Deuteronomio 27-30)
2. kanilang pakikipag-ugnayan kay YHWH (i.e., Job, Awit 73, Habakkuk)
3. isang pagsubok sa kanilang katapatan na hindi kaugnay sa mga pagpapala (tingnan ang Natatanging Paksa: Sinusubok ng Diyos ang Kaniyang mga Tao sa Awit 11:4b-5)

Ang Awit ay hindi sinasagot ito, maliban na 44:22 ang susi sa buong Awit.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 44:17-19**

**[17]Lahat ng ito'y dumating sa amin; gayon ma'y hindi namin kinalimutan ka,**
**ni gumawa man kami na may karayaan sa iyong tipan.**
**[18]Ang aming puso ay hindi tumalikod,**
**ni ang amin mang mga hakbang ay humiwalay sa iyong daan,**
**[19]Na kami ay iyong lubhang nilansag sa dako ng mga dyakal**
**at tinakpan mo kami ng lilim ng kamatayan.**

**44:17-19** Ang istropang ito ay isang pagtatangka na tanggapin ang pananagutan. Ang Israel ay inaangkin ang kawalang-kasalanan.

1. hindi Ka namin nakalimutan
2. hindi kami gumawa ng may karayaan sa iyong tipan
3. ating puso (pangmaramihan) ay may hindi tumalikod
4. ang amin mang mga hakbang ay hindi humiwalay sa iyong daan

Ang pag-aangking ito ng kawalang-kasalanan ay nagpapatuloy sa susunod na istropa (cf. vv. 20-22). Ito ay maaaring totoo para sa ilang mga Israelita ngunit hindi para sa nakakarami sa kanila, para sa nakakarami ng kanilang kasaysayan (cf. Deuteronomio 32; Awit 78; Nehemiah 9).

Ang talata 19 ay may pagkakatulad sa teolohiya sa Job kung saan siya ay pumapayak na magmukhang masama ang Diyos upang mapaganda ang kanyang sariling katayuan. Ang salmista ay pinaparatangan ang Diyos ng pagkilos laban sa kanila sa isang di-matapat na paraan!

Para sa isang naiibang pagpapaliwanag, tingnan si Derek Kidner, Tyndale OT Commentaries, tomo 15, pp. 185-186.

**44:17 "iyong tipan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 25:10.

**44:19**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV, NJB** | **"mga dyakal"** |
| **JPSOA, REB** | **"halimaw sa dagat"** |

Ang pagkakaiba sa pagitan ng these dalawang ay isang katinig.

1. dyakal – BDB 1072, תנים
2. halimaw sa dagat – BDB תנין

Ang UBS Text Project (p. 237) ay binibigyan "dyakal" na isang "B" na antas (ilang pagduruda).

Ang JPSOA ay binigay ang Ezekiel 29:3; 32:2, bilang magkakaagapay na mga talata para sa *tannin* (i.e., "halimaw sa dagat," cf. Genesis 1:21; Job 7:12).

Mula sa mga nilalang ng disyerto ng Cananeong panitikan ay kadalasan ginamit bilang wikain ng paglalarawan para sa demonyo ng isang bansa (cf. Isaias 13:21-22; 34:11-15; Jeremias 9:11; Mikas 1:8; Zephanias 2:4).

▣ **"ng lilim ng kamatayan"** Tingnan ang tala sa Awit 23:4. Iniwan ni YHWH ang Kaniyang pangkasunduang bayan sa mga pwersa ng demonyo ng mga paganong relihiyon at lugar ng kamatayan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 44:20-26**

**20 Kung aming nilimot ang pangalan ng aming Diyos**
**O aming iniunat ang aming mga kamay sa ibang diyos,**
**21 Hindi ba sisiyasatin ito ng Diyos?**
**Sapagka't nalalaman niya ang mga lihim ng puso.**
**22 Oo, dahil sa iyo ay pinapatay kami buong araw;**
**kami ay nabilang na parang mga tupa sa patayan.**
**23 Ikaw ay gumising, bakit ka natutulog, Oh Panginoon?**
**Ikaw ay bumangon, huwag mo kaming itakuwil magpakailan man.**
**24 Bakit mo ikinukubli ang iyong mukha**
***at* kinalilimutan mo ang aming kadalamhatian at aming kapighatian?**
**25 Sapagka't ang aming kaluluwa ay nakasubsob sa alabok;**
**ang aming katawan ay nadidikit sa lupa.**
**26 Ikaw ay bumangon upang kami ay tulungan,**
**at tubusin mo kami dahil sa iyong kagandahang-loob.**

**44:20** Ito ay isang tiyakang pagtanggi sa pagsamba sa diyus-diyosan. Kanilang ipinahayag na kung sila ay sumasamba sa diyus-diyosan, tiyak na malalaman ito ni YHWH (v. 21, cf. Awit 7:9; 17:3; 26:2; 66:10; 139:23; Jeremias 11:20; 17:10; 20:12).

▣ **"iniunat ang aming mga kamay"** Ito ay sa literal ay "pag-unat" (BDB 831, KB 975, *Qal* DI-GANAP). Ito ay isang pisikal na pagkumpas sa pagsamba, kadalasang nagpapakilala ng panalangin (cf. Exodo 9:29; 2 Cronica 6:12; Ezra 9:5; Job 11:13; Awit 28:2; 48:31; 88:9; 134:2; 141:2; 143:6), ngunit ay maaaring maibilang ang pag-aalay (i.e., pagtaas) ng ilang uri ng paghahandog (hayop, insenso, gulay, o alak).

**44:22** Ito ay isang pag-aankin, tulad ng v. 19, na si YHWH ay iniwan na ang Israel (cf. UBS *Handbook*, p. 409). Ginamit ni Pablo ang talatang ito sa taga-Roma 8:36, at tila upang ipahiwatig na ang bayan ng Diyos ay humuharap sa mga suliranin ng isang nalugmok na mundo ngunit Siya ay nasa kanila at para sa kanila. Walang makakapaghiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos kay Kristo (cf. taga-Roma 8:38-39).

▣ **"dahil sa iyo"** Ang ilan ay nakita ang pariralang ito bilang ang susi teolohikong layuhin ng Awit. Ang mga tao ng Diyos ay pinahihirapan, hindi dahil ng kanilang kasalanan, ngunit dahil ng kanilang pakikipag-ugnayan sa Kaniya. Ang paksang ito ay maliwanag na makikita sa buhay ni Hesus.

Hindi lamang ako tiyak kung may sapat na katibayang tekstwal mula sa ang Awit na ito upang gawin ang pag-aangking ito!

**44:23-26** Ito ay makikita bilang isang hiwalay na istropa sa NKJV, NRSV. Mayroong isang kalipunan ng mga kahilingan sa panalangin (MGA PAUTOS at MGA PANGKAUTUSAN).

1. gumising Ka, v. 23 – BDB 734, KB 802, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 7:6; 35:23
2. bumangon – BDB 884, KB 1098, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 35:23
3. huwag mo kaming itakuwil magpakailanman – BDB 276, KB 276, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 77:7
4. bumangon – BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 3:7; 7:6; 9:19; 10:12; 17:13; 74:22; 82:8; 132:8
5. tubusin kami – BDB 804, KB 911, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 25:22; 130:8 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 19:14)

**44:23 "bakit ka natutulog, Oh Panginoon?"** Ito ay isang pangwikaing antropomorpikong parirala (cf. Awit 78:65). Si YHWH (dito ay tinatawag na *Adonia*) ay hindi natutulog (cf. Awit 121:4), ngunit sa ilang panahon, dahil sa kasalanan ng Israel, tila Kaniyang tinanggal ang Kaniyang sarili mula sa pagsasama-sama sa kanila (cf. vv. 24-25).

Para sa isang mabuting maikling pagtalakay, tingnan ang *Hard Sayings of Bible*, "Ang Diyos ba ay natutulog?" (pp. 268-269).

**44:24 "huwag mo kaming itakuwil magpakailan man"** Ang "magpakailan man" ay isa pang wikain na tumutukoy sa pagsasama-sama (cf. Awit 103:9). Ito ay tila magpakailanman sa kanila! Ngunit ito lamang ay isang yugto ng kawalang pagsasama-sama upang magbunga ng pagsisisi at pagpapanumbalik ng mahabang panahon ng pagsasama-sama.

**44:25** Ito ay paglalarawan para sa mga taong nananalangin, alinman sa kanilang mg tuhod o nagpatirapa sa lupa. Ito ay isang di-karaniwang position sa panalangin, na kadalasan ay nakatayo na nakataas ang kamay at mga mata ay bukas na nakatinging sa taas. Si Solomon ay nanalangin sa kaniyang mga tuhod (cf. 2 Cronica 6:13); Si Daniel ay nananalangin sa kaniyang mga tuhod (cf. Daniel 6:10); Si Hesus ay nanalangin na nakaharap ang Kaniyang mukha sa Gethsemane (cf. Mateo 26:39)! Ito ay isang paraan sa pagpapakilala ng katindihan!

**44:26 "dahil sa iyong kagandahang-loob"** Si YHWH ay kumikilos para sa

1. Kaniyang pag-ibig para sa kanilang mga ama (i.e., ang mga Patriyarka)
2. Kaniyang pangako sa kanilang mga ama
3. Kaniyang mas malawak na layunin sa Abrahamikong kasunduan (cf. Genesis 12:3; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2, Panimula)
4. Kaniyang pangkasunduan katapatan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7) sa Kaniyang salita (cf. Awit 6:4; 109:21,26; 119:149)

Ito ay hindi dahil sa kabutihan ng Israel (cf. Deuteronomio 9:4-6; Ezekiel 36:22-38).

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA MAPAGBIYAYANG PAGKILOS NI YHWH SA ISRAEL**

Ito kailangang maliwanag na maihayag na ang Exodo, ang Paglalagalag sa Ilang, at ang Pagsakop ay mga magpagbiyayang pagkilos sa bahagi ni YHWH, hindi nararapat na gantimpala na angkop sa pagkilos ng Israel

1. Ito ay pag-ibig ni YHWH para sa "mga ama" - Deuteronomio 4:37-38; 7:8; 10:15
2. Ito ay hindi sa bilang ng Israel - Deuteronomio 7:7
3. Ito ay hindi sa lakas at kapangyarihan ng Israel - Deuteronomio 8:17
4. Ito ay hindi sa katuwiran o pagkamatapat ng Israel - Deuteronomio 9:5-6

5. Si YHWH ang nagpapatuloy na umibig sa Israel kahit na sa gitna ng kahatulan - Jeremias 31:3

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Anong aspeto ng kasunduan ang nagbunga ng katanungan sa Awit na ito?
2. Ano ang itinuturo ng Awit na ito tungkol sa pulitikal na kayarian ng Israel?
3. Bakit natalo ang Israel?
4. Bakit hinihiling na tumugon ang Diyos?

# AWIT 45

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Awit ng Pagdiriwang ng Kasalan ng Hari<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit; sang-ayon kay Shoshannim, Isang Maskil ng mga anak ni Korah. Isang Awit ng Pag-ibig. | Ang Kaluwalhatian ng Mesias at Kaniyang Ikakasal na Babae | Isang Oda para sa isang Maharlikang Kasalanan | Isang Awit sa Maharlikang Kasalanan | Maharlikang Kasalanan |
| 45:1-2 | 45:1-5 | 45:1 | 45:1 | 45:1 |
| | | 45:2-3 | 45:2-3 | 45:2 |
| 45:3-5 | | | | 45:3a-4a |
| | | 45:4-5 | 45:4-5 | 45:4b-5 |
| 45:6-9 | 45:6-9 | 45:6-9 | 45:6-9 | 45:6-7a |
| | | | | 45:7b-8a |
| | | | | 45:8b-9 |
| 45:10-12 | 45:10-12 | 45:10-13a | 45:10-12 | 45:10-13a |
| 45:13-15 | 45:13-17 | 45:13b-15 | 45:13-15 | 45:13b-16 |
| 45:16-17 | | 45:16-17 | 45:16-17 | |
| | | | | 45:17 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang Awit na ito ay pagpupuri sa isang Hari ng Israel.
   1. maaaring Solomon sa panahon ng isa sa kaniyang mga kasalanan (NASB, nasa gilid)
   2. si Ahab at kaniyang pagpapakasal kay Jezebel (Jewish Study Bible, p. 1332)
   3. David (Ibn Ezra)
   4. Mesias (ikawalang pagpipilian ni Ibn Ezra at ng mga Ama ng Iglesiya)

B. Ang Awit na ito ay nakikita ng ilanbilang pang-Mesias (pansinin na malalaking-titik na MGA PANGHALIP) ngunit tanging sa isang tipolohikon kaunawaan. Sa kasaysayan, ito ay umaakma sa
   1. hayperbolikong pangmaharlikang wika ng ANE
   2. isang kasalan ni Solomon na dinaluhan ng mga pangkat ng tao na nasasakupan ng kaniyang imperyo

C. Ang lahat ng mga Hari ng Israel ay sadyang kumakatawan kay YHWH (cf. 1 Samuel 8:6-7). Siya ang Hari ng Sansinukob at sila ay namumuno sa Kaniyang bayan (sa pamamagitan ng halimbawa) sa Kaniyang kautusan.

D. Ang NASB Study Bible (p. 784) ay pinagpapalagay na ang may-akda ay isang Levitang mang-aawit at ang kaniyang awit ay pinagpapalagay na nanggaling sa templo (i.e., mula sa Diyos mismo). Ito ay kung gaano kalawak ang terminolohiya sa pagitan ng Diyos at ang Hari na dapat ipaliwanag.

E. Ang Awit ay may
   1. isang magkaugnay pagbubukas (vv. 1-2) at pagsasara (vv. 16-17)
   2. isang pagpapahayag sa hari, vv. 3-9
   3. isang pagpapahayag sa ikakasal na babae, vv. 10-15

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 45:1-2**
**[1]Ang aking puso ay nananagana sa isang mainam na bagay;**
**aking sinasalita ang mga bagay na aking ginawa tungkol sa hari;**
**ang aking dila ay panulat ng bihasang manunulat.**
**[2]Ikaw ay maganda kay sa mga anak ng mga tao;**
**biyaya ay nabubuhos sa iyong mga labi;**
**kaya't pinagpala ka ng Diyos magpakailan man.**

**45:1** Ang may-akda ay inilalarawan ang kaniyang sarili sa kaniyang mga mambabasa (tanging dito sa Salmo) sa talatang ito.
1. kaniyang puso (i.e., siya sa kaniyang sarili) ay nananagana (BDB 935, KB 1222, *Qal* GANAP; LXX ay may "pagsabog") sa isang mainam na bagay (i.e., pagpuri para sa Hari ng mga tao ng Diyos)
2. siya ay sumulat upang papurihan ang Hari sa kaniyang kasalanan
3. ang kaniyang dila ay panulat ng bihasang manunulat (i.e., [1] siya ay sabik na magpuri sa Hari o [2] siya ay isang makata ng hukuman o tagasulat, cf. Ezra 7:6)

**45:2** Kaniya nilalarawan ang Hari sa patulang paglalarawan.

1. siya ay maganda (i.e., "mas gwapo," cf. NRSV, TEV, NJB; ang salitang ito [BDB 421, KB 421] ay di-karaniwang ginagamit sa lalaki; ito ay nasa isang di-karaniwang anyo – *Pealal* GANAP) kaysa sa ibang lalaki (sa literal, "ang mga anak na lalaki ng tao")
2. kaniyang pananalita ay mahusay (TEV) at mapagbiyaya (cf. Kawikaan 22:11; Ecclesiastes 10:12); sa aking palagay, ang v. 4c ay magkakaagapay
3. samakatuwid, Diyos ay pinagpala Ka magpakailanman – dalawang mga kaisipan tungkol dito
   a. kilalanin ang hayperbolikong, pangmaharlikang wika ng ANE
   b. mag-ingat sa sanhi at bunga na lohika (i.e., pinagpala siya ni YHWH sapagkat siya ay kumilos nang nararapat). Mayroong isang pag-iigting sa Banal na Kasulatan sa pagitan ng pagkamakapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 25:12). Pagsunod ay mahalaga ngunit panawagan ay napakahalaga. Siya ay hindi Hari sapagkat siya ay karapatdapat dito ngunit sa pamamagitan ng pampamilyang linya.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 45:3-5**
**3 Ibigkis mo ang iyong tabak sa iyong hita, Oh makapangyarihan,**
**kalakip ang iyong kaluwalhatian at ang iyong kamahalan!**
**4 At sa iyong kamahalan ay sumakay kang may kaginhawahan,**
**dahil sa katotohanan, at sa kaamuan, at sa katuwiran;**
**at ang iyong kanan ay magtuturo sa iyo ng kamangha-manghang mga bagay.**
**5 Ang iyong mga palaso ay matulis;**
**ang mga bayan ay nangabubuwal sa ilalim mo;**
**sila'y nangasa puso ng mga kaaway ng hari.**

**45:3-5** Ang istropang ito ay patulang paglalarawan tungkol sa mga panghukbong tagumpay ng Hari. Pansining siya ay kumakatawang kay YHWH habang siya ay lumalaban para sa panig ng (LXX)
1. "katotohanan" (BDB 54)
2. "kaamuhan" (di-karaniwang pagtutuldik sa patinig, BDB 776, cf. Kawikaan 15:33; 18:12; 22:4; Zephanias 2:3)

Pansinin ang tatlong MGA PAUTOS at dalawang MGA PANGKAUTUSAN na nagpapakilala ng panghukbong paglalarawan.
1. "ibigkis mo ang Iyong tabak sa iyong hita" – BDB 291, KB 291, *Qal* PAUTOS, v. 3, cf. Deuteronomio 1:41; Mga Hukom 3:16; 18:11; 1 Samuel17:39; 25:13

2-3. "sumakay na may kaginhawaan," v, 4
   a. "maging matagumpay!" – BDB 852, KB 1026, *Qal* PAUTOS
   b. "sumakay" – BDB 938, KB 1230, *Qal* PAUTOS

4. "ang Iyong kanan ay magtuturo," v. 4 – BDB 434, KB 436, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
5. "ang mga bayan ay nangabubuwal sa ilalim mo," v. 5– BDB 656, KB 709, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

**45:3** "kaluwalhatian" (BDB 217 I) at "kamahalan" (BDB 214) ay kadalasang iniuugnay sa Diyos (i.e., Awit 104:1). Pansinin kung paanong sinulat sa malaking titik ng NASB ang MGA PANGHALIP sa 45:2,3, 4,5,6,7,8,9. Ngunit sila rin ay ginamit sa Hari ng Israel (i.e., Awit 21:5).

▣
**NASB,**
**NKJV,**
**NRSV** **"Oh makapangyarihan"**
**TEV** **"Makapangyarihang Hari"**

**NJB** **"Mandirigma"**
**JPSOA** **"Oh Bayani"**
**REB** **"mandirigmang Hari"**
**LXX** **"Isang Makapangyarihan"**

Ito PANG-URI na ito (BDB 150) ay talagang nangangahulugang "malakas," o "makapangyarihan." Ito ay ginamit sa

1. mga mandirigmang tao – Genesis 10:9; Awit 78:65; 120:4; 127:4; Ecclesiastes 9:11; Awit ni Solomon 3:7
2. Mesias – Isaias 9:5 (si David bilang tipo – Awit 89:20)
3. si YHWH bilang matapat na pangkasunduang mandirigma (i.e., banal na digmaan) – Nehemiah 9:32; Awit 24:8; Isaias 10:21; Jeremias 32:18

Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa Davidikong Hari bilang matagumpay na mandirigma, na pinapalakas ni YHWH.

**45:4-5** Ang MGA PANGHALIP ay mahirap makilala.

1. ng ilan ay tinutukoy ito sa Diyos
2. ng ilang ay sa Hari

Ang katulad na kalituhang ito ay nasa mga talata 6-7. Ang suliranin ay ang may-akda ay inilalarawan ang Hari bilang isang kinatawa ni YHWH mismo. Ito ay maliwanag na kung paanong ang sinaunang mga may-akdang Kristiyano (i.e., Hebreo 1:8-9) ay nakita ito bilang isang pang-Mesias na Awit. Para sa kanila ang Mesias ay dumating na at ang OT ay nagtuturo sa Kaniya (i.e., Hesus).

**45:4**
**NASB, NKJV** **"kamangha-manghang mga bagay."**
**NRSV** **"mga kakila-kilabot ng gawa"**
**TEV** **"mga dakilang tagumpay"**
**JPSOA, REB** **"kamangha-manghang mga gawa"**
**LXX** **"kagila-gilalas"**

Ang PANDIWARI na ito (BDB 431, KB 432, *Niphal* PANDIWARI) ay nangangahulugang "kasindak-sindak na mga gawa."

1. Diyos sa Kaniyang sarili – Deuteronomio 1:19; 7:21; 10:20-21
2. Kaniyang mga gawa – 2 Samuel 7:23; Awit 145:6 (paghahati ng Dagat na Pula, Awit 106:22)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 45:6-9**

**6 Ang iyong luklukan, Oh Diyos, ay magpakailan-kailan man;**
**cetro ng kaganapan ang cetro ng iyong kaharian.**
**7 Iyong iniibig ang katuwiran, at pinagtataniman ang kasamaan;**
**kaya't ang Diyos, ang iyong Diyos, ay nagpahid sa iyo ng langis**
**ng langis ng kasayahan na higit kay sa iyong mga kasama.**
**8 Ang lahat ng iyong mga damit ay amoy mira, at aloe, at kasia;**
**mula sa bahay-haring garing ay pinasasaya ka ng mga panugtog na kawad.**
**9 Ang mga anak na babae ng hari ay nangasa gitna ng iyong mga marangal na babae;**
**sa iyong kanan ay nakatayo ang reyna na may ginto sa Ophir.**

**45:6-9** Dito muli ay isang istropa na nagpapahayag ng kapwa si YHWH at Kaniyang pagmaharlikang kinatawan sa isang nagkakaisang paraan.

**45:6**
**NASB, NKJV,**

| | |
|---|---|
| **NRSV, LXX** | **"Ang iyong luklukan, Oh Diyos"** |
| **NRSV margin** | **"Ang iyong trono ay isang trono ng Diyos"** |
| **TEV** | **"Ang kaharian na pinagkaloob ng Diyos sa iyo"** |
| **NJB** | **"Ang iyong trono na galing sa Diyos"** |
| **JPSOA, RSV** | **"Ang iyong banal na trono"** |
| **REB** | **"Iniluklok ka ng Diyos"** |
| **NEB** | **"Ang iyong trono ay tulad ng trono ng Diyos"** |

Makikita mo mula sa pagkakaiba ng mga salin na ang Hebreong teksto ay walang katiyakan (JPSOA, tala sa ibaba). Sa isang monoteistikong (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:7) OT konteksto, hindi ito pagbibigay-diin sa pagka-Diyos ng Hari, ngunit ito ay nagpapahayag na ang lahat ng ang Hari ay at dumating sa kaniyang pakikipag-ugnayan kay YHWH. Ang Hari ay panglupang kinatawan ni YHWH, gaya ng Punong Saserdote (cf. Zacarias 4).

Ang trono ni YHWH (cf. 1 Cronica 29:23; Panaghoy 5:19) ay magpakailanman (cf. Awit 93:2; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5). Ang trono ng Hari ay para sa isang habang-buhay. Ang Mesias ay ang natatanging darating na Hari (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:2). Ang pariralang ito ay may isang pagpapakahulugan sa OT at isang mas ganap sa NT!

**45:7** Ang isa ay nagtataka kung ito ay maharlikang hayperboliko o ang Awit na ito ay tunay na tumutukoy sa isang maka-Diyos na Hari. Kung ito ay ipinapahayag kay Ahab, ito ay maharlikang hayperboliko; kung kay Solomon, ito ay tunay sa una ngunit hindi pagkatapos; kung kay David, ito ay tunay sa una at huli ngunit hindi sa panahon ng kaniyang pagkakasala (i.e., Bathsheba, Uriah).

Tayo ay kailangan palaging mag-ingat sa pagpapalagay ng pagpapalay ng Diyos batay sa pantaong kagalingan. Ang pinili ng Diyos na Hari ay para sa Kaniyang sariling mga layunin ng katubusan at kapahayagan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2 Panimula.).

Isang huling kaisipan, ang talata 7 ay nagpapakita nang maliwanag na ang talata 6 ay hindi ipinagpapalagay ang pagka-Diyos sa isang hari ng Israel. Ang Hebreo 1:8-9 ay nakikita ito bilang isang maharlikang tipolohiya ni David!

▣ Gaya nang pag-ibig ni YHWH sa katuwiran (cf. Awit 11:7; 33:5), gayundin naman, ang Kaniyang kinatawan sa lupa, ang hari ng Israel (i.e., Kaniyang pinili, cf. Awit 2:2).

**45:8**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV** | **"kasia"** |
| **TEV, NJB, REB** | **-tinanggal-** |

Ang pampalsang ito (BDB 893 I) ay nabanggit tanging dito sa OT. Ito maaaring tumukoy sa isang pabangong kanela.

**45:9** Ipinapahayag ba ng talatang ito na sa kasalukuyang kasalanan ay mayroon nang

1. maharlikang mga anak na babae
2. ibang mga asawa/ mga kerida
3. isang Reyna (di-karaniwang salita, BDB 993, cf. Nehemiah 2:6)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 45:10-12**

**10 Iyong dinggin, Oh anak na babae, at iyong pakundanganan,**
**at ikiling mo ang iyong pakinig:**
**kalimutan mo naman ang iyong sariling bayan, at ang bahay ng iyong magulang;**

**[11]Sa gayo'y nanasain ng hari ang iyong kagandahan.**
**sapagka't siya'y iyong panginoon; at sumamba ka sa kaniya.**
**[12]At ang anak na babae ng Tiro ay dodoon na may kaloob;**
**pati ng mayaman sa gitna ng iyong bayan ay mamamanhik ng iyong lingap.**

**45:10-12** Ang istropang ito na nagpapahiwatig ng kasalanan ay kasama ang isang banyagang babae, na umaakma kay

1. David – kung si Bathsheba ay hindi Hudyo
2. Solomon – sa kaniyang maraming banyagang asawa (cf. 1 Mga Hari 11:1-8)
3. Ahab – pagpapakasal kay Jezebel, isang prinsesang Tiryano (tala v. 12)

**45:10** Ang talatang ito ay may apat na MGA PAUTOS.

1. dinggin – BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS
2. pakundanganan (sa literal "tingnan ang") – BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS
3. ikiling ang iyong pakinig – BDB 639, KB 692, *Hiphil* PAUTOS, cf. Kawikaan 22:17
4. kalimutan ang sariling bayan – BDB 1013, KB 1489, *Qal* PAUTOS

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 45:13-15**
**[13]Ang anak na babae ng hari ay totoong maluwalhati sa loob;**
**Ang kaniyang suot ay yaring may ginto.**
**[14]Siya'y ihahatid sa hari na may suot na bordado;**
**ang mga dalaga, na kaniyang mga kasama na nagsisisunod sa kaniya,**
**ay dadalhin sa iyo.**
**[15]May kasayahan at kagalakan na ihahatid sila;**
**sila'y magsisipasok sa bahay-hari.**

**45:13-15** Ito ay tumutukoy sa pagtitipon sa kasalan mula sa harem ("mga birhen"). Ang ibang mga asawang babae (maliban sa Reyna) ay tinatawag na "mga anak na babae" (cf. vv. 9,10,12,13).

Ang istropang ito ay ginagawang pang-espirituwal ng Iglesiya upang tumukoy sa kaniya sarili! Ito ay ginagawa din sa Awit ni Solomon (Canticles).

**45:14**
**NASB, NKJV "sa loob"**
**JPSOA "sa looban"**

Ang MT ay may "sa loob" (פנימה, BDB 819, LXX), ngunit ang ilang mga iskolar ay pinagpapalagay ang "mga perlas" (פנינים, BDB 819, cf. Job. 28:18; Kawikaan 3:15; 8:11; 31:10; Panaghoy 4:7).

Ang UBS Text Project ay binibigyan ang MT ng isang "A" na antas.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 45:16-17**
**[16]Sa halip ng iyong mga magulang ay ang iyong mga anak;**
**na siya mong gagawing mga pangulo sa buong lupa.**
**[17]Aking ipaaalaala ang iyong pangalan sa lahat ng sali't saling lahi;**
**kaya't ang mga bayan ay mangagpapasalamat sa iyo magpakailan-kailan man.**

**45:16-17** Ang UBS *Handbook*, p. 429, ay may isang mabuting buod.

> "Ang makata ay nagwawakas sa pamamagitan ng pagpapahayag sa hari, sa pangangako sa kaniya na siya ay magkakaroon ng maraming mga anak na lalaki na, tulad ng kaniyang mga ninuno, ay magiging hari din at mamumuno sa buong lupa."

Talata 17 ay isang paraan ng pagpapahayag na ang Awit na ito ay mamamalagi sa isang mahabang panahon at magpapanatili ng mga buhay na ala-ala ng hari.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya.  Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo.  Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon.  Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat.  Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit iniisip na ito ay isang maharlikang pangkasalang awit?
2. Ang talata 6 ba ay tumutukoy sa hari ng Israel?
3. Bakit iniisip na nag asawang babae ay hindi mula sa Israel?
4. Ipaliwanag ang mga talata 16-17 sa iyong sariling mga salita.
5. Bigyang-kahulugan “ ” at ipaliwanag kung papaanong ginamit ito Hebreo 1:8-9.
6. Bakit iniisip na ang Awit na ito ay pang-Mesias?

# AWIT 46

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Diyos ang Kanlungan ng Kaniyang Bayan<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit. *Awit* ng mga anak na lalaki ni Korah, sa Alamoth. Isang Awit. | Ang Diyos ang Kanlungan ng Kanyang Bayan at Manana-kop ng mga Bansa | Isang Awit ng Sion Pagdiriwang sa Pangwakas na Tagumpay ng Diyos laban sa mga Bansa | Ang Diyos ay Kasama Natin | Ang Diyos ay Kasama Natin |
| 46:1-3 | 46:1-3 | 46:1-3 | 46:1-3 | 46:1-3b |
| | | | | 46:3c |
| 46:4-7 | 46:4-6 | 46:4-7 | 46:4-6 | 46:4-6 |
| | 46:7 | | 46:7 | 46:7 |
| 46:8-11 | 46:8-9 | 46:8-11 | 46:8-10 | 46:8-10 |
| | 46:10 | | | |
| | 46:11 | | 46:11 | 46:11 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay ang inspirasyon sa Kasulatan para sa imno ni Martin Luther, “A Mighty Fortress Is Our God.”

B. Wala kilalang pangkasaysayang kalalagayan dito.

C. Ang Diyos ay kapwa
1. isang tanggulan para sa pagkalinga (cf. vv. 7, 11)
2. isang mandirigma na nagdudulot na mahinto ang digmaan sa lahat ng lupa (cf. v. 9)

Gayunman, ang dakilang pagpapala ay hindi lamang sa Kaniyang kapangyarihan, ngunit sa
1. Kaniyang presensiya (cf. v. 1b)
2. Kaniyang pangkalahatang mga layunin (cf. v. 10, tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH sa Panimula sa Awit 2)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 46:1-3**
**1 Ang Diyos ay ating ampunan at kalakasan,**
**handang saklolo sa kabagabagan.**
**2 Kaya't hindi tayo matatakot bagaman ang lupa ay mabago**
**at bagaman ang mga bundok ay mangaglipat sa kagitnaan ng mga dagat;**
**3 Bagaman ang tubig niyaon ay magsihugong at mabagabag,**
**Bagaman ang mga bundok ay mangauga dahil sa unos niyaon. Selah.**

**46:1 "Diyos"** Ang ikalawang aklat ngAwit ay gumagamit ng titulong *Elohim* na higit sa YHWH. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa Awit 1:1.

▣ **"ating ampunan at kalakasan"** Ang mga ito ay inuulit na mga paglalarawan sa Diyos (cf. Awit 14:6; 18:1-2; 40:17; 62:7-8; 142:5).

**46:2-3** Ang pagpapahayag ng pananampalataya ng salmista (i.e., "hindi matatakot," cf. Awit 23:4; 27:1) ay ginawa sa gitna ng mga panahon ng krisis.
1. bagaman ang lupa ay mabago
2. bagaman ang mga bundok ay mangaglipat sa kagitnaan ng mga dagat
3. bagaman ang tubig ay magsihugong (BDB 242, המה) at mabagabag (BDB 330 I, חמר, paglalaro ng tunog)
4. bagaman ang mga bundok ay mangauga dahil sa unos

Ang ganitong uri ng mga kataklismong pangyayari ay maaaring tumukoy sa
1. kung ano ang mangyayari kapag lumapit si YHWH sa Kaniyang nilalang (i.e., "matutunaw," cf. Awit 46:6b; 98:7-9; Mikas 1:4)
2. talinghaga para sa pagkabagabag (i.e., "tight places," BDB 865 I, PAMBABAENG PANGNGALAN, cf. Deuteronomio 31:17,21; 1 Samuel10:19; Awit 71:20; Kawikaan 1:27)

**46:3** Ang talatang ito ay may tatlong MGA DI-GANAP (i.e., nagpapatuloy na pagkilos).
1. mga tubig ay nagsihugong – BDB 242, KB 250, *Qal*
2. mga tubig ay nabagabag – BDB 330, KB 330, *Qal*
3. mga bundok ay nauga – BDB 950, KB 1271, *Qal*

Ang Jewish Study Bible (p. 1333) ay nagsasabing ito ay "mitolohikong wika na babalik sa mga tradisyon ng Cananeo. Bago pa man maipanumbalik ang mga kathang ito, ang awit ay kadalasang inuugnay sa mga digmaang eskatolohiko (so Rashi at Radak)."

Ang Anchor Bible (AB) sa *Ang Awit* ni Mitchell Dahood, ay ginagamit ang panitikan ng *Ras Shamra* na matatagpuan sa Ugarit upang ipaliwanag ang Hebreong tulaan at anyo ng Salmo. Ang mga Ugaritickong mga teksto ay tulaan tungkol kay *Ba'al* at ang Cananeong panteon. Kadalasang kinukuha ng Israel ang mga titulo, paglalarawan, at mga katha ng mga bansa at baguhin ito upang

itanyag ang kanilang pangkasunduang pagka-Diyos, si YHWH, ang tunay na Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7)!

▣ **"Selah"** Ang terminong ito ay hinahati ang Awit sa tatlong mga istropa.
1. vv. 1-3
2. vv. 4-7
3. vv. 8-11

Para sa maaaring kahulugan, tingnan ang mga tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VIII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 46:4-7**
**4 May isang ilog, na ang mga agos ay nagpapasaya sa bayan ng Diyos,**
**Sa banal na dako ng mga tabernakulo ng Kataastaasan.**
**5 Ang Diyos ay nasa gitna niya; siya'y hindi makikilos;**
**tutulungan siya ng Diyos na maaga.**
**6 Ang mga bansa ay nangagkagulo, ang mga kaharian ay nangakilos;**
**inihiyaw niya ang kaniyang tinig, ang lupa ay natunaw.**
**7 Ang Panginoon ng mga hukbo ay sumasa atin;**
**ang Diyos ni Jacob ay ating kanlungan. Selah.**

**46:4-7** Ang istropang ito ay naglalarawan ng matiwasay na kapayapaan na nakapalibot sa Diyos kapat ang lupa ay nasa pagkakagulo (i.e., Pahayag 4-5).
1. isang ilog na nagpapatuloy sa pag-agos (sa literal ay "kanal na pag-irigasyon," BDB 625, cf. Awit 36:8; 65:9; Ezekiel 47:1; Joel 3:18; Zacarias 14:8; Pahayag 22:1,17) sa "ang lungsod ng Diyos" (cf. Awit 48:1,8; 87:3; 101:8; Isaias 60:14; Pahayag 3:12)
2. ang lungsod ng Diyos ay hindi makikilos (i.e., mayayanig) sapagkat si YHWH ay nasa kalagitnaan niya (cf. Osea 11:9; Zacarias 2:5; Hebreo 11:10; 12:22; 13:14)
3. tutulungan siya ng Diyos (cf. Awit 37:40; Isaias 41:14) sa pag-uumaga (paglalarawan tamang panahon, cf. Awit 5:3; 17:15; 30:5; 90:14). Ang "tulong" ay nauugnay sa "mga bansang gumawa ng isang pagkakagulo" sa v. 6a (same PANDIWA in v. 3a, cf. Awit 2). Ang "mga bansa" ay nabanggit muli sa v. 10b. Ang mga layunin ng Diyos ay palaging isinasama ang mga bansa (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2 Panimula.)!
4. ang lungsod ng Diyos ay hindi makikilos (i.e., paglalarawan ng katatagan at pagpapatuloy)

**46:4b**

| | |
|---|---|
| **NASB, JPSOA** | **"Sa banal na dako ng mga tabernakulo"** |
| **NKJV** | **"Ang banal na *dako* ng tabernakulo"** |
| **NRSV** | **"ang banal na tirahan"** |
| **TEV** | **"ang sagradong bahay"** |
| **NJB** | **"ginagawang banal isa pananahan"** |
| **LXX** | **"ginawang-banal ang mga nagbagong-buhay"** |
| **REB** | **"ang banal na pananahan"** |

Ang MT (BDB 1015) ay may
1. tabernakulo – Exodo 25:9; 26:30; 38:21; Bilang 9:18,22; 40:34-35 (i.e., "tolda ng pagtatagpo"); Awit 78:60
2. dako ng mga tabernakulo
   a. ni Korah (i.e., mga tolda) – Bilang 16:24,27
   b. ni Jacob – Awit 87:2
   c. ni YHWH (i.e., templo) – Awit 26:8; 74:7
   d. ni YHWH (ngunit PANGMARAMIHAN, i.e., lahat ng mga gusali sa bundok ng templo) – Awit 43:3; 84:1; 132:5,7; Ezekiel 32:27

Ang PANGMARAMIHAN ay maaaring tumukoy sa
1. lahat ng ang mga gusali ng templo
2. ang PANGMARAMIHAN NG PAGKAMAHARLIKA (i.e., kabanal-banalan)

Makikita mo mula sa mga salin na ang ilan ay pinalitan ang "banal" (PANG-URI, BDB 872) sa PANDIWA "pagpapaging-banal" (LXX, Vulgato, NJB), na isang pagpapalit lamang ng mga patinig.

▣ **"ng Kataastasaan"** Ang titulong ito para sa pagka-Diyos (*Elyon*, BDB 751 II, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1) ay ginamit sa Genesis 14:18-22; Bilang 24:15; at Deuteronomio 32:8, ngunit karamihan (16 na beses) sa Awit at sa Daniel 7 (4 na beses). Ang payak na kahulugan ay "mataas." Ito karamihang ginagamit ng mga di-Israelita.

**46:6** Pansinin ang pagkakaiba sa pagitan ng
1. mga bansang nangagkakagulo, v. 6a (walang bisa)
2. tinig ni YHWH, v. 6b (mabisa)

Ang PANDIWANG "natunaw" (BDB 556, KB 555, *Qal* DI-GANAP) ay maaaring magamit na
1. paglalarawan ng katapangan ng mga kaaway – Exodo 15:15; Joshue 2:9,11,24; Isa 14:31
2. paglalarawan ng kahatulan – Amos 9:5
3. sa literal (i.e., pangwakas na paglilinis ng lupa) – 2 Pedro 3:10

**46:7** Ang katulad na pangakong ito,
1. si YHWH ng mga hukbo na kasama natin (cf. Awit 24:10; tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalang para sa pagka-Diyos sa Awit 1:1, cf. Bilang 14:9; 2 Cronica 13:12)
2. ang Diyos ni Jacob na ating tanggulan (cf. Awit 9:9; 48:3; 59:9,16,17)

ay inulit sa talata 11 para sa pagbibigay-diin! Ang mga pahayag na ito ay ang pag-asa ng salmista at mga pangako ni YHWH sa Kaniyang mga tao.

▣ **"ay sumasa atin"** Ito ay ang pinakadakilang pangako (cf. Bilang 14:9; I1 Cronica 13:12; Awit 9:10; 37:28; 94:14; Hebreo 13:5 [mula sa Deuteronomio 31:6; Joshue 1:5]). Kailangan natin ang Diyos!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 46:8-11**

**8 Kayo'y parito, inyong masdan ang mga gawa ng Panginoon,**
**kung anong mga kagibaan ang kaniyang ginawa sa lupa.**
**9 Kaniyang pinapaglilikat ang mga pagdidigma sa wakas ng lupa;**
**kaniyang binabali ang busog, at pinuputol ang sibat;**
**kaniyang sinusunog ang mga karo sa apoy.**
**10 "Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyo na ako ang Diyos;**
**ako'y mabubunyi sa gitna ng mga bansa, ako'y mabubunyi sa lupa."**
**11 Ang Panginoon ng mga hukbo ay sumasa atin;**
**ang Diyos ni Jacob ay ating kanlungan. Selah.**

**46:8-11** Ang istropang ito ay nagpapahayag ng layunin ng Diyos. Pansinin ang dalawang MGA PAUTOS ng talata 8 at ang magkakaagapay sa talata 10.
1. pumarito – BDB 229, KB 246, *Qal* PAUTOS, v. 8
2. masdan (sa literal "tingnan ang") – BDB 302, KB 301, *Qal* PAUTOS, v. 8, cf. Job 23:9; Awit 63:2; Isaias 26:11; 33:17,20; 48:6
3. magsitigil (si YHWH ay nagsasalita sa v. 10) – BDB 951, KB 1276, *Hiphil* PAUTOS, v. 10 (i.e., sa konteksto, isang panawagan sa mundo sa huminto sa pag-aaway)
4. kilalanin – BDB 393, KB 390, *Qal* PAUTOS, v. 10 (i.e., ang kapangyarihan at pagpapalaya ni YHWH; ito ay teolohikong pagkakaagapay sa #2)

Si YHWH ay nagdudulot sa lahat ng mga digmaan matigil sa mga wakas ng lupa! Isang bagong araw ang darawing (i.e., ang Prinsipe ng Kapayapaan, cf. Isaias 9:6; 66:12; Juan 14:27; 16:33; 20:19). Isang araw ng pagdakita para sa mahabaging Diyos ng paglalang. Ang lahat ng mga bansa ay kikilala sa Kaniya (cf. Isaias 2:2-4; 25:6-9; 56:6-8; taga-Efeso 2:11-3:13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pangkalahatang Plano ng Katubusan ni YHWH mula sa Panimula ng Awit 2.

**46:8 "mga kagibaan"** Ang TEV ay may "halika at tingnan ang kung ano ang ginawa ng PANGINOON. Tingnan ang kung anong mga kamangha-manghang bagay ang kaniyang ginawa sa lupa." Ang salitang "mga kagibaan" (BDB 1031 I) ay ginamit tanging dalawang beses sa Awit (dito at 73:19), kung saan ito ay nagpapakilala ng pagkawasak. Ang mga pangyayari sa exodus ay tinatawag na "mga kamangha-manghang bagay" (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:1), kaya ang panghukbong pagkawasak ay maaaring lubhang pinapakilala. Ang salita ay pinakamadalas na makikita sa Jeremias (24 na beses) at lahat ng ito ay nagpapahayag ng pagkawasak, kapinsaan, kasindakan, kagibaan. Tila si YHWH ay inihihinto ang digmaan sa pamamagitan ng pagkatalo ng mga hukbo ng bansa (cf. v. 9; Awit 2).

**46:9**

**NASB, NKJV** **"mga karo"**
**NRSV, TEV,**
**NJB, REB,**
**LXX** **"mga kalasag"**
**JPSOA** **"mga bagon"**

Ito ay walang katiyakan kung ang ang Hebreong salitang-ugat ay

1. "pabilog" – BDB 222, עגל עגול (DSS, "round kalasag," 1QM6:15)
2. "may-gulong na kariton" – BDB 722, עגלה (hindi bilang pandigmang karo sa MT)

Sa kontekstong ito, isang "pabilog na kalasag" ang pinakaakma.

**46:11** Ang pagkakaagapay ay humihingi ng isang pandaigdigang pagbibigay-diin! Ang kahanga-hangang lungsod ay para sa lahat (i.e., bagong Herusalem, cf. Pahayag 21-22!)

Para sa "lupa" (46:2,6,8,9,10) tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang paglalarawan ba ng mga talata 2-3 ay mula sa mga pangyayari sa katapusan ng panahon o Cananeong mitolohiya?
2. Ipaliwanag ang kahalagahan ng isang ilog na dumadaloy mula sa lungsod ng Diyos.
3. Paano maitutulad ang talata 6 sa Awit 2?

4. Kanino nagsasalita si YHWH sa talata 10?
5. Ang talata 10 ba ay tungkol sa pagkatalo ng mga bansa o ang pagkakasama ng mga bansa sa bayan ng Diyos?

# AWIT 47

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Diyos ang Hari ng Mundo<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit; isang Awit ng mga anak na lalaki ni Korah. | Papuri sa Diyos, ang Pinuno ng Lupa | Isang Imno ng Pagdiriwan sa sa Pagkakaluklok bilang Hari ng lahat ng mga Bansa | Ang Pinakamataas na Pinuno | Si Yahweh, Hari ng Israel, Hari ng Mundo |
| 4:1-4 | 47:1-4 | 47:1-4 | 47:1-4 | 47:1 |
| | | | | 47:2-3 |
| | | | | 47:4 |
| 47:5-9 | 47:5-7 | 47:5-7 | 47:5-7 | 47:5 |
| | | | | 47:6 |
| | | | | 47:7-8 |
| | 47:8-9 | 47:8-9 | 47:8-9 | |
| | | | | 47:9 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay tumutuon sa pangkalahatang pagpaparangal ng Manlilikha/Manunubos na Diyos. Ang Diyos ay naghahari (cf. Awit 93:1; 96:10; 97:1; 99:1; Isaias 52:7)!

B. Kung paano at kailan ang ganitong pangharing pagpapatibay ay walang katiyakan.

1. kumakatawan sa isang Davidikong Hari ng taunang pagpuputong ng Israel
2. ang kalubusan ng wakas ng panahon ng lahat ng mga bagay (cf. 1 taga-Corinto 15:25-27)
3. ang wastong teolohiya ng lugar ng Diyos sa paglalang (i.e., monoteismo [tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:7], Siya ay palagi at palaging mamumuno)

C. Ang pangkalahatang mga sangkap ng Awit ay makapangyarihang pagtuturo sa Diyos bilang Manlilikha at Hari ng Sansinukob.
1. lahat ng mga tao, v. 1
2. isang dakilang Hari sa lahat ng ang lupa, v. 2b
3. pasusukuin ang mga tao. . .mga bansa, v. 3
4. ang Diyos ang naghahari sa mga bansa, v. 8 (cf. Awit 22:28; 1 Cronica 16:31)
5. ang mga prinsipe (mga maharlika) ng mga tao (i.e., hindi Israel, ngunit mga Hentil) ay nagkatipon sa kanilang mga sarili, v. 9
6. ang mga kalasag ng lupa ay pag-aari ng Diyos, v. 9
7. maaari ring ang paggamit ng *Elyon*, na isang karaniwang katawagan para sa mataas na diyos ng ANE, ay nagpapahiwatig ng pangingibabaw ni YHWH sa lahat ng ibang mga diyos (mga diyus-diyosan, mga elohim, mga anghel, atbp.)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 47:1-4**
**1 Oh ipakpak ang inyong mga kamay ninyong lahat na mga bayan;**
**magsihiyaw kayo sa Diyos ng tinig ng pagtatagumpay.**
**2 Sapagka't ang Panginoong kataastaasan ay kakilakilabot,**
**siya'y dakilang Hari sa buong lupa.**
**3 Kaniyang pasusukuin ang mga bayan sa ilalim natin**
**at ang mga bansa sa ilalim ng ating mga paa.**
**4 Kaniyang ipipili tayo ng ating mana,**
**ang karilagan ni Jacob na kaniyang minahal. Selah.**

**47:1-2** Pansinin ang mga pangalan para sa pagka-Diyos.
1. Diyos – *Elohim*, vv. 1, 5, 6, 8 (dalawang beses), 10
2. Panginoon – YHWH, v. 2
3. Kataas-taasan – *Elyon*, v. 2 (karaniwang pangalan para sa mataas na diyos ng ANE, cf. Genesis 14:18-20,23; Bilang 24:15; Deuteronomio 32:8-9)
4. Hari – vv. 2, 6, 8 (“naghahari,” cf. Zacarias 14:9; Malakias 1:14)
5. Diyos ni Abraham – v. 10 (i.e., PANG-ISAHAN anyo ng *Elohim*, cf. Deuteronomio 32:15,17; Awit 18:22)

Ang panitikan ay kadalasang gumagamit ng maramihang mga pangalan para sa pagka-Diyos ng Israel. Kadalasan itong kumukuha ng mga titulo at paglalarawan sa ibang mga kultura at ginagamit ang mga ito sa Diyos ng Israel. Ang ikalawang aklat ng Awit ginamit ng *Elohim* nang nakakarami.

**47:1** Ang Awit na ito ay nagsisimula sa dalawang MGA PAUTOS na nagpapaalala sa lupa (i.e., “lahat ng mga tao”) na malakas na magalak.
1. “ipalakpak ang mga kamay” – BDB 1075, KB 1785, *Qal* PAUTOS
2. magsihiyaw sa Diyos – BDB 929, KB 1206, *Hiphil* PAUTOS
    a. pag-iyak sa digmaan – Bilang 10:9; Joshue 6:20; Isaias 42:13; 2 Cronica 13:15
    b. pagtitipon – Bilang 10:7
    c. tagumpay – Jeremias 50:15; Zephanias 3:14
    d. pagpapatibay – 1 Samuel10:24; Awit 47:1; 66:1; 81:1; 95:1-2; 98:4; 100:1; Zacarias 9:9
    e. pang-relihiyong kaligayahan – 1 Samuel4:5; Ezra 3:11,13
    f. pagkabalisa – Isaias 15:4; Mikas 4:9

**47:2 “kakilakilabot”** Ang PANDIWA na ito (BDB 431, KB 432, *Niphal* PANDIWARI) ay nagpapakilala

ng

1. ang ilang na dinaanan ng Israel sa exodus, cf. Deuteronomio 1:19; 8:15
2. nadudulot ng pagkamangha – Awit 47:2; 68:35; 76:8
3. nakakapagpasiglang paggalang – Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemiah 1:5; 9:32; Daniel 9:4

Ang mga bilang 2 at 3 ay lubhang magkatulad ang kahulugan. Siya ay ang isang Banal, ang Nag-iisa at tayo ay makasalanang mga nilalang! Ngunit Kanyang pinili ang makisama sa atin!

▣ **"sa buong lupa"** Mayroong tila isang inuulit na pang-buong-mundong pagbibigay-diin sa Awit 45-50 (cf. vv. 1, 7-9; Awit 45:16; 46:10; 47:2; 48:2,10; 49:1; 50:1,4,12). Ang paksang ito "ay maaaring" kung bakit ang Awit na ito ay ay inilagay na magkakasama. Tingnan din sa Awit 96-99.

Ang lupa ay sa Panginoon (cf. Exodo 9:29; 19:5). Siya ang manlilikha, tagapagpaluloy (i.e., *Elohim*, Genesis 1), at pangkasunduang Diyos (i.e., YHWH, Genesis 2:4). Wala nang iba pa (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7)!

**47:3-4** Ang mga talatang ito ay nagbibigay-diin sa pagpili sa Israel bilang natatanging kasunduang bayan ni YHWH (cf. Genesis 12:1-3; Exodo 19:5-6). Ang Israel ay itinalagang maging isang liwanag sa mga bansa, ngunit siya ay nabigo (cf. Ezekiel 36:22-23; tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH sa Awit 2 Panimula.).

Ang mga tagumpay ng hukbo ng Israel ay mga tagaumpay ni YHWH (i.e., banal na digmaan).

**47:4 "mana"** Sa paghahati-hati ng Ipinangakong Lupain (i.e., Joshue 12-19) ang mga Levita ay hindi pinagkalooban ng lupain (i.e., ngunit 48 cities, cf. Joshue 20-21). Ito ay sinabing, "si YHWH ay kanilang mamanahin." Ang kahanga-hangang pangako na ito ay pinalawig bilang isang pangako sa lahat ng Israel at sa 1 Pedro 1:4 sa lahat ng mga mananampalataya!

Ito rin ay maaaring tingnan bilang tumutukoy sa Canaan (i.e., ang Ipinangakong Lupain, Genesis 12:7; 15:12-21; 17:8; Exodo 3:8; Deuteronomio 1:8). Ito ay tila na ang "mamanahin" at "kaluwalhatian (BDB 144) ni Jacob" ay magkakaagapay . Ang aking pag-aatubili na panindigan ito ay ang pangkalahatang pagbibigay-diin ng Awit. Ang lupa, hindi lamang ang Canaan, ay sa Panginoon!

▣ **"na kaniyang minahal"** Sa OT, ang Israel ay may isang sentrong dako, ngunit sa NT ang ebanghelyo ni Hesukristo ay may isang sentrong dako (cf. Juan 3:16; 4:42; 1 Timoteo 2:4; 4:10; 1 Juan 2:1-2; 4:14). Ang mga kristiyano ay kailangang makita/maipaliwanag ang OT sa pamamagitan ng mga mata ng NT, hindi kapaligtaran!

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 47:5-9**

**5 Ang Diyos ay napailanglang na may hiyawan,**
**ang Panginoon na may tunog ng trumpeta.**
**6 Kayo'y magsiawit ng mga pagpuri sa Diyos, kayo'y magsiawit ng mga pagpuri;**
**kayo'y magsiawit ng mga pagpuri sa ating Hari, kayo'y magsiawit ng mga pagpuri.**
**7 Sapagka't ang Diyos ay Hari ng buong lupa;**
**magsiawit kayo ng mga pagpuri na may mahusay na awit.**
**8 Ang Diyos ay naghahari sa mga bansa,**
**ang Diyos ay nauupo sa kaniyang banal na luklukan.**
**9 Ang mga pangulo ng mga bayan ay nangapipisan**
**upang maging bayan ng Diyos ni Abraham,**

**sapagka't ang mga kalasag ng lupa ay ukol sa Diyos;**
**siya'y totoong bunyi.**

**47:5-9** Ang istropang ito ay tumutuon on pagpuri sa Diyos. Pansinin ang mga salita para sa vocal pagpapatibay.

1. na may hiyawan, v. 5
2. na may tunog ng pakakak, v. 5

3-7. magsiawit ng mga papuri, vv. 6-7 – BDB 274, KB 273, *Piel* PAUTOS, 5 na beses

Maraming mga iskolar ang tumitingin sa 47:5-8 na naglalarawan ng isang taunang pangyayari, kung saan ang hari ng Israel ay umaakyat sa trono bilang isang simbolikong kinatawang ng pangkalahatang pamumuno ni YHWH (i.e., arko na naibalik sa templo pagkatapos ng prosesyon, cf. 2 Samuel 6:15). Gaano pa man kahalina ang teoriyang ito, mayroon lamang kakaunting pangkasaysayang katibayan.

**47:5 "trumpeta"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: MGA SUNGAY NA GINAMIT NG ISRAEL**

Mayroong Apat na mga salita sa Hebreo iuugnay sa mga sungay/trumpeta:

1. "ang sungay ng tupa" (BDB 901) – ginawang instrumento ng tunog, cf. Joshue 6:5. Ang kaparehong salita ay ginamit para sa tupa kinuha ang kanyang mga sungay kung si Abraham ay pinanghalili para kay Isaac sa Genesis 22:13.
2. "trumpeta" (BDB 1051) – mula sa Assyrian terminong para sa tupang ligaw (ibex). Ito ay ang sungay na ginamit sa Exodo 19:16,19 sa Mt. Sinai/Horeb. #1 at #2 ay kahanay sa Josue 6:5. Ito ay ginamit sa pakikipagkomuniskasyon sa panahon ng pagsamba at panahon ng pakikipaglaban (i.e., Jericho ay pareho, cf. Josue 6:4).
3. "sungay ng tupa" (BDB 385) – mula sa salita ng Phoenician para sa Tupa (cf. Josue 6:4,6,8,13). Ito rin ay sumasagisag sa Taon ng Jubilee (cf. Levitico 25:13,28,40,50,52,54; 27:17,18,23,24).

(Lahat ng mga unang tatlo ay tila walang mga distinksyong intensyon. Ang Mishnah (RH 3.2) ay pinahintulutan ang anumang sungay ng hayop—tupa, kambing, o antilope, ngunit hindi mula sa isang baka.)

4. "mga trumpeta" (BDB 348) – posibleng mula sa PANDIWA "iunat," nagpapahiwatig ng isang derestong buto (hindi kurbado na gaya ng sa mga sungay ng hayop). Ang mga ito ay gawa sa mga pilak ( galing sa hugis at anyo ng Ehipto) Ang mga ito ay ginamit:
   a. na may kasamang mga ritwal na pagsamba (cf. Bilang 10:2,8,10; Ezra 3:10; Nehemias 12:35,41)
   b. para sa pangmilitar na mga layunin (cf. Bilang 10:9; 31:6; Oseas 5:8)
   c. para sa maharlikang mga layunin (cf. II Hari 11:14)

Isa sa mga metal na sungay na ito ay inilarawan sa Arko ni Tito sa Roma; gayundin si Josephus ay inilarawan sila sa *Antiq*. 3.12.6.

**47:7**
**NASB "mahusay na awit"**
**NKJV "na may pagunawa"**
**NRSV "na may isang awit"**
**JPSOA "isang imno"**
**REB "ng lahat ng iyong kahusayan"**

Ang terminong ito (BDB 968) ay na ginamit sa mga tituto ng labingtatlong Awit sa MT, ngunit

tanging dito sa teksto ng isang Awit. Ang BDB ay nagsasabing ito ay nangangahulugang "nagninilay-nilay na tula"; ang KB ay nagbigay ng

1. "kultong awit" (Kittel)
2. "awit ng karunungang na isinakatuparan sa musiko" (Mowinckel)

Si Derek Kidner, *Tyndale OT Commentaries*, tomo 15, p. 195, ay inuugnay ang salitang ito (i.e., *Maskil*) sa pahayag ni Pablo sa 1 taga-Corinto 14:15. Ito ay kawili-wili ngunit hindi matibay. Kadalasang napakahirap na malaman ang mga pagkabanggit ng OT sa mga sulatin sa NT.

**47:9** Ang talatang ito ay nagpapahiwatig na ang lahat ng mga pinuno (i.e., na kumakatawan sa kanilang mga pangkat) ay nagkakatipong magkakasama sa Israel (i.e., ang mga tao ng Diyos ni Abraham, cf. Genesis 12:3; 22:18; taga-Roma 4; taga-Galacia 3:6-9).

Ang pariralang "ang mga kalasag" ay isang panghukbong paglalarawan para sa pangkalahatang tagumpay ni YHWH (cf. Awit 46:8-11).

Ang pamumuno ni YHWH sa lahat ng lupa ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng Kaniyang sariling mga gawa ("totoong bunyi" – BDB 748, KB 828, *Niphal* GANAP, cf. Awit 46:10; Isaias 2:11,17; tingnan din ang Juan 3:14-15, kung saan ang salitang "itaas" ay nangangahulugan din ng "totoong bunyi").

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang karaniwang makikita sa Awit 45-50?
2. Itala ang mga titulo para sa pagka-Diyos at ipaliwanag ang kahulugan ng bawa't-isa.
3. Kanino ipinapahayag ang talata 9?
4. Itala ang pangkalahatang mga sangkap ng Awit. Ano mga ipinapahiwatig ng mga ito?

# AWIT 48

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Ganda at Kaluwalhatian ng Sion<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit; isang Awit ng mga anak na lalaki ni Korah | Ang Kaluwalhatian ng Diyos sa Sion | Isang Awit na Nagdiriwang ng Kagandahan at Kaligtasan ng Sion | Sion, ang Lungsod ng Diyos | Sion, ang Bundok ng Diyos |
| 48:1-3 | 48:1-3 | 48:1-3 | 48:1-3 | 48:1-3 |
| 48:4-8 | 48:4-7 | 48:4-8 | 48:4-7 | 48:4-5 |
| | | | | 48:6-7 |
| | 48:8 | | 48:8 | 48:8 |
| 48:9-14 | 48:9-11 | 48:9-11 | 48:9-11 | 48:9-10b |
| | | | | 48:10c-13b |
| | 48:12-14 | 48:12-14 | 48:12-14 | |
| | | | | 48:13c-14 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay tungkol sa natatanging lungsod at bayan ng Diyos. Siya ay kasama nila at para sa kanila. Tingnan ang Isaias 26, mga Kaunawaang Kontekstuwal, D. sa internet sa www.freebiblecommentary.org para sa paglalarawan ng "lungsod."

B. Ang Awit bang ito ay nagpapahiwatig na ang Herusalem sa Israel ang magiging pisikal na kapitolyo ng bagong panahon?

Gamit ang mga terminolohiya ng Awit na ito, paano nito maipapaliwanag ang pagdakip, pagdambong, at paglukog ng Herusalem sa pamamagitan ng maraming iba't-ibang mga bansa sa kasaysayan?

C. Ako ay nakibaka sa isyung ito sapagkat ito ang puso ng mga teoriya sa milenyo. Pakitingnan ang aking mga konklusyon sa Natatanging Paksa: Mga Hula sa Hinaharap sa OT laban sa mga Hula sa NT (kinuha mula sa aking komentaryong sa Pahayag) sa Awit 37 Panimula.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 48:1-3**

**[1]Dakila ang Panginoon, at marapat pakapurihin,**
**sa bayan ng aming Diyos, sa kaniyang banal na bundok.**
**[2]Maganda sa kataasan, ang kagalakan ng buong lupa,**
**siyang bundok ng Sion, sa mga dako ng hilagaan,**
**na bayan ng dakilang Hari.**
**[3]Ang Diyos, sa kanyang bahay-hari,**
**ay ipinakilala ang Kanyang sarili bilang isang kanlungan.**

**48:1-3** Pansinin ang iba't-ibang mga paraan na ipinapakilala ang Herusalem at kaniyang iba't-ibang.

1. ang lungsod ng ating Diyos, v. 1
2. Kaniyang banal na bundok, v. 1
3. maganda sa kataasan (BDB 832, tanging dito sa OT, maaaring isang pinakamataas na marka, pinakamaganda)
4. ang kaligayahan ng buong lupa, v. 2
5. Bundok Sion sa malayong hilaga (o "hilaga" = Zaphon, ang bundok ng Cananeong mga diyos sa hilaga ng Ugarit, cf. NIDOTTE, tomo 3, pp. 836), v. 2
6. ang lungsod ng dakilang Hari, v. 2
7. Ipinakilala ng Diyos ang Kaniyang sarili, sa kaniyang mga dako, bilang isang tanggulan, v. 3

Ang mga paglalarawang ito ay tumutukoy kapwa sa templo sa Bundok Moriah at ang buong lungsod ng Herusalem, kadalasan tinatawag na Sion.

**48:1 "sa bayan ng aming Diyos"** Ang pariralang ito ay maaaring tumukoy sa maraming mga kaisipan.

1. ang lungsod na nauugnay kay Melchezedek – Genesis 14:18 (i.e., Salem)
2. ang lungsod kung saan si YHWH ay dinulot ang Kaniyang pangalan na mananahan – Deuteronomio 12:5,11,21; 14:23,24; 16:2,6,11; 26:2
3. ang lungsod na binihag ni David mula sa mga Cananeo (i.e., Jebus), na sa huli ay naging kaniyang kapitolyo – 1 Samuel 5:7,9
4. ang lungsod na nauugnay sa anghel ng Panginoon na nagpahinto ng salot; binili ni David bilang lugar ng panghinaharap na templo – 2 Samuel 24:15-17,18-25; 2 Cronica 3:1 (i.e., Bundok Moriah, maaaring lugar ng pinag-alayan ni Isaac, Genesis 22:2)
5. Sion, tulad ng Jebus – 2 Samuel 5:7; 1 Cronica 11:5 (i.e., paraan sa pagtukoy sa buong lungsod ng Herusalem, bagaman ito ay itinatag sa pitong mga burol, ang Sion ang karaniwang katawagan

Ang suliranin sa Awit 48 ay talata 2, “Bundok ng Sion sa mga dako ng hilagaan.” Ang mga ito ay tanging teoriya lamang.

1. Ito ay talinghaga para sa kalangitan kung saan si YHWH ay nananahan – Isaias14:13a,b; Pahayag 3:12; 21:2,10
2. Ito, tulad ng ibang Awit, ay isinasam ang ilang Cananeong mitilohikong termino (i.e., Zaphon = Hebreong “hilaga,” BDB 8) – Isaias 14:13c,d; Ezekiel 28:14

   Ito ay karaniwan sa Ancient Near Eastern na kaisipang pangrelihiyo upang makita ang mga diyos na namumuhay sa tuktok ng bundok (cf. Epikong Gilgamesh). Ito ay natatanging totoo sa mga kathang tula sa Ugaritikong *Ba’al na* mula sa Ras Shamra. Ang mga diyos ay nagtatagpo at nabubuhay sa isang hilagang bundok na tinatawag na Saphon o Zaphon, Si *Ba’al* ay may isang trono doon na itinayo ni Anath. Ang lalaking diyos ng pagpapayabong na pagsamba ng Phoenician ay tinatawag na *Baal Saphon*. Ang pangalang ito ay matatagpuan sa mga kolonya ng Phoenician sa palibot ng Mediterranean. Ang tradisyong ito ng hilagang bundok, na lubusang walang kaugnaya sa banal na Bundok Moriah ng Israel (cf. 20:40), ay tila naging pinanggagalingan ng paglalarawan ng kapwa Isaias 14:13-15 at Ezekiel 28:14,16. Tingnan si Roland de Vaux, *Ancient Israel*, tomo 2, pp. 279-281.
3. Ang ilang iskolar ay nagmumungkahi ng isang naiibang paghahati ng Hebreong mga katinig, “sa hilagang bahagi ng lungsod”

Ang konsepto ng “lungsod” bilang isang paraan ng pagtukoy sa dako ng natatanging presensiya ni YHWH ay nagpapatuloy sa NT.

1. Hebreo 11:10 – “dahil siya (Abraham) ay naghahanap ng lungsod na may mga saligan, na ang arkitekto at tagapagtatag ay Diyos”
2. Hebreo 12:22 – “ikaw ay dumako sa Bundok Sion at sa lungsod ng nabubuhay na Diyos, ang panlangit na Herusalem”
3. Hebreo 13:14 – “wala tayong magtatagal na lungsod, ngunit tayo ay maghahanap ng *lungsod* na darating pa lamang”
4. Pahayag 3:12 – “ang pangalan ng lungsod ng Aking Diyos, ang bagong Herusalem, na bumaba mula sa langit ng Aking Diyos”
5. Pahayag 21:2,10 – “ang lungsod, bagong Herusalem, ay bumaba mula sa langit mula sa Diyos”

**48:2 “mga bundok”** Para sa ANE, mga bundok ay tahanan ng mga diyos. Sa Babilonya, na walang likas na bundok, sila ay gumagawa ng mga matatayo na tore (i.e., ziggurat, cf. Genesis 11:3-4) para sa isang dako na magtatagpo ang langit at lupa.

Sa kasaysayan ng Israel, mayroong maraming mahahalagang bundok.

1. Bundok Sinai kung saan tinagpo ni YHWH ang Israel at ipinagkaloob ang Kaniyang kautusan (cf. Exodo 19-20)
2. Bundok Sion, ang lungsod ni David (Salem [Genesis 14], pagkatapos ay Jebus [2 Samuel 5:6-10])
3. Bundok Moriah, ang lugar ng templo (cf. Genesis 22)
4. sa Awit na ito ang Bundok Sion ay higit na dakila sa Mt. Zaphon, ang bundok ng Cananeong mga diyos (katumbas sa Bundok Olympus para sa Griyegong pantheon) sapagkat si YHWH ay higit na dakila

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 48:4-8**

**4 Sapagka't narito, ang mga hari ay nagpupulong,**
**sila'y nagsidaang magkakasama.**
**5 Kanilang nakita, nagsipanggilalas nga sila;**
**sila'y nanganglupaypay, sila'y nangagmadaling tumakas.**

**[6]Panginginig ay humawak sa kanila roon,**
**sakit, gaya ng sa isang babae sa panganganak.**
**[7]Sa pamamagitan ng hanging silanganan**
**iyong binabasag ang mga sasakyan sa Tharsis.**
**[8]Kung ano ang aming narinig, ay gayon ang aming nakita**
**sa bayan ng Panginoon ng mga hukbo, sa bayan ng aming Diyos;**
**itatatag ito ng Diyos magpakailan man. Selah.**

**48:4-8** Ang istropang ito ay tumutuon sa epekto na taglay ng lungsod ng Diyos sa mundo (cf. vv. 2a; 10b). Ang paglalarawan ay nagmumungkahi pagkatakot at pangamba batay sa kapangyarihan at presensiya ng Diyos sa natatanging walang-hanggang lungsod (cf. vv. 8b.c).

Yamang ang mga hari ng mga bansa ay magkakaaway sa Awit 2, gayundi naman, dito. Mayroong isang totoong tunggalian sa pagitan ng pananaw sa mundo sa Banal na Kasulatan at ang paganong pagsamba ng mga Hentil. Ang ganitong di-nakikita, ngunit totoo, na tunggalian ay bahagi ng bawat panahon at bawat kultura. Ang labanan ay ang pagiging-buko ng monoteismo.

**48:6 "isang babae sa panganganak"** Ito ay isang karaniwang biblikal na talinghaga pagkatakot, sakit, at biglaang dalamhati (cf. Isaias 13:8; 21:3; 26:17; Jeremias 4:31; Osea 13:13; Mikas 4:9; Juan 16:21; Marcos 13:8; 1 taga-Thesalonica 5:3).

**48:7 "hanging silanganan"** Ito ay isang mainit na hanging disyerto (i.e., sirocco, mula sa Arabeng termino para sa "silangan") na tumutuyo ng mga pananamin, nagdadala ng mga balang, at isang talinghaga sa pagkawasak (cf. Jeremias 18:17; Ezekiel 17:10; Osea 13:15; Jonas 4:8).

▣ **"ang mga sasakyan sa Tharsis"** Ang tumpak na lokasyon ng Tharsis ay walang katiyakan, ngunit isang heograpikong dako sa malayong kanlurang dulo ng Mediterranean, na nagpapakilala ng pangkalahatang kapangyarihan ni YHWH, ay iminumungkahi. Ang mga sasakyang pandagat na ito ay ang pinakamalaki, pinakaligtas, bumabagtas sa karagatang bapor sa Mediterranean. Sila ay mga sagisag ng kapangyarihan at kalakalan.

**48:8 "Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 48:9-14**
**[9]Aming inaalaala ang iyong kagandahang-loob,**
**Oh Diyos, sa gitna ng iyong templo.**
**[10]Kung ano ang iyong pangalan, Oh Diyos,**
**gayon ang pagpuri sa iyo hanggang sa mga wakas ng lupa;**
**ang iyong kanan ay puspos ng katuwiran.**
**[11]Matuwa ka bundok ng Sion,**
**magalak ang mga anak na babae ng Juda**
**dahil sa iyong mga kahatulan.**
**[12]Libutin ninyo ang Sion, at inyong ligirin siya;**
**inyong saysayin ang mga moog niyaon;**
**[13]Tandaan ninyong mabuti ang kaniyang mga kuta;**
**inyong masdan ang kaniyang mga bahay-hari,**
**upang inyong maisaysay ito sa susunod na lahi.**
**[14]Sapagka't ang Diyos na ito,**
**ay ating Diyos magpakailan-kailan man;**
**siya'y magiging ating patnubay hanggang sa kamatayan.**

**48:9-14** Ang istropang ito ay dumadakila kay YHWH.

1. sila ay nagpapatuloy na isipin ang Kaniyang kagandahang-loob (i.e., kasunduang katapatan, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7)
2. Kaniyang presensiya sa templo ng Herusalem
3. Kaniyang pangalan (katangian/mga gawa) na pinuri sa mga wakas ng lupa
4. Kaniyang kanang kamay (i.e., kapangyarihan, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 7:3-4) ay puno ng katuwiran (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5)
5. mga lungsod ng Judah (i.e., mga anak na babae) ay nagagalak dahil sa Kaniyang mga kahatulan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5-6)
6. pansinin na Kaniyang magandang lungsod
7. Siya ay magpakailanman pa man

**48:11-13** Mayroong isang kalipunan ng mga utos.

1. matuwa ka bundok ng Sion – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. magalak ang mga anak na babae ng Judah – BDB 162, KB189, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
3. libutin niyo ang Sion – BDB 685, KB 738, *Qal* PAUTOS
4. iyong ligirin siya – BDB 668, KB 722, *Hiphil* PAUTOS
5. saysayin ang mga muog – BDB 707, KB 765, *Qal* PAUTOS
6. tandaang mabuti ang kaniyang mga kuta – BDB 1011, KB 1483, *Qal* PAUTOS
7. masdan ang kaniyang mga bahay-hari – BDB 819, KB 946, *Piel* PAUTOS

Ang mga ito ay maaaring tumukoy sa isang prusisyon (cf. Awit 26:6) gaya ng (1) pag-ikot ni Joshue sa Jericho nang pitong na beses, cf. Joshue 6:3-15 o (2) sa Nehemiah, ang pag-aalay ng pader ng Herusalem, cf. Nehemiah 12.

▣ **"mga moog"** Ang salitang ito (BDB 153) ay tumutukoy sa "mga toreng bantayog" (cf. 2 Mga Hari 9:17; 17:9; 18:8) at sa mga mamamana (cf. 2 Cronica 26:9,10,15; 32:5; Nehemiah 3:25-27; Isaias 2:15).

▣ **"mga kuta"** Ang salitang ito (BDB 298) ay tumutukoy alinman sa

1. isang nakapaligid na pader – Isaias 26:1; Panaghoy 2:8; Nahum 3:8
2. agwat sa pagitan ng dalawang panlabas na mga pader – 2 Samuel 20:15; Panaghoy 2:8

▣ **"mga bahay-hari"** Ang salitang ito (BDB 74) ay maaaring tumukoy sa anumang malaking gusali sa loob ng isang napaderang lungsod (cf. 2 Mga Hari 15:25; 2 Cronica 36:19; Kawikaan 18:10; Isaias 32:14; Jeremias 17:27; Panaghoy 2:5,7; Osea 8:14; Amos 2:5; 6:8; Mikas 5:5).

Ang lahat ng tatlong mga terminong ito ay sama-samang tumutukoy sa isang makapangyarihan at pinatibay na lungsod ng ANE. Ngunit ang kanyang tunay na kalakasan at katibayan ay sapagkat si YHWH ay nananahan diyan!

**48:14**
**NASB "hanggang sa kamatayan"**
**NKJV "*kahit* na sa kamatayan"**
**NRSV "magpakailanman"**
**JPSOA "habang-buhay"**
**LXX "sa mga panahon"**
**REB "sa habang-buhay"**

Ang pagkakaiba sa pagitan ng "hanggang kamatayan" at "magpakailanman" ay

1. saan hahatiin ang Hebreong mga katinig
2. ang mga patinig ay dinagdag ng mga Masoretikong iskolar nang kinalaunan sa isang Hebreong teksto

Mayroong isang ikatlong opsyon para sa kaunawaan linyang ito ng tulaan. Ang katulad na Hebreong termino ay maaaring tumukoy sa isang pangmusikong tunog "sang-ayon sa Alamoth" (cf. Awit 46 titulo). Kung gayun nga, ito ay kasama ng Awit 49. Maaaring ito ang dahilan kung bakit tinanggal ng NJB ang linyang ito.

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Awit bang ito ay tumukoy sa isang pangkasaysayang kaganapan o ang eschaton?
2. Ang Herusalem ba ang magiging kapitolyo ni YHWH sa bagong panahon?
3. Bakit pinagtatalunan ang talata 2? Ang mga may-akda ba ng Bibliya ay gumagamit ng terminolohiya paglalarawan mula sa mga paganong pinanggalingan?
4. Ang mga talata 4-8 ba ay naglalarawan isang pangyayari tulad ng Awit 2?
5. Itala ang pangkalahatang mga sangkap ng Awit na ito.
6. Ang mga talata 12-13 ba ay naglalarawan isang ritwal pa prusisyon? Kung gayon, mayroon bang anumang katulad nito sa OT?

# AWIT 49

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kahangalan ng Pagtitiwala sa mga Kayamanan<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit Awit ng mga anak na lalaki of Korah | Ang Pagtitiwala ng Mangmang | Pagninilay-nilay sa Pagkasamantala ng Buhay at Kamatayan | Ang Kamangmagan sa Pagtitiwala sa Kayamanan | Ang Kawalang-saysay ng Kayamanan |
| 49:1-4 | 49:1-4 | 49:1-4 | 49:1-4 | 49:1-2 |
| | | | | 49:3-4 |
| 49:5-9 | 49:5-9 | 49:5-9 | 49:5-9 | 49:5-6 |
| | | | | 49:7-8 |
| | | | | 49:9 |
| 49:10-12 | 49:10-12 | 49:10-12 | 49:10-12 | 49:10 |
| | | | | 49:11 |
| | | | | 49:12-13 |
| 49:13-15 | 49:13-15 | 49:13-15 | 49:13-15 | |
| | | | | 49:14a-c |
| | | | | 49:14d-15 |
| 49:16-20 | 49:16-20 | 49:16-20 | 49:16-18 | 49:16-17 |
| | | | | 49:18-19 |
| | | | 49:19-20 | |
| | | | | 49:20 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit 49 ay isang karunungang awit (cf. Awit 37). Ito ay isinulat sa kasunduan kumunidad, hindi kay YHWH. Ito ay mas katulad ng aklat ng Kawikaan tila kaysa ibang bahagi ng Salmo. Pansinin ang pagkakaagapay at terminolohiya ng mga talata 3-4,10-12,13.

B. Ang paksang pinag-uusapan ay katulad ng Awit 37 at 73 na payak na inilalarawan bilang "ang dalawang paraan"; isang daan ang naghahatid sa buhay at isang daan ang naghahatid sa kamatayan (cf. Awit 1 at Deuteronomio 30:1,15,19). Ang dalawang daan ay tiyakan makikita sa mga talata 3 at 5 na maihahalintulad sa talata 6.

C. Ang paksa ay ang kamangmangan ng pagtitiwala sa pantao, panlupang kayamanan. Ito ay tila nakakagulat sapagkat ang kayamanan at tagumpay ay tinitingnan bilang isang tanda ng pagpapala ni YHWH para sa pangkasunduang pagsunod (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30).

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 49:1-4**
**1 Dinggin ninyo ito, ninyong lahat na mga bayan;**
**pakinggan ninyo, ninyong lahat na nananahan sa daigdig,**
**2 Ng mababa at gayon din ng mataas,**
**ng mayaman at ng dukha na magkasama.**
**3 Ang aking bibig ay magsasalita ng karunungan,**
**at ang pagbubulay ng aking puso ay magiging sa pagunawa.**
**4 Ikikiling ko ang aking panig sa talinghaga;**
**ibubuka ko ang aking malabong sabi sa alpa.**

**49:1** Talata 1 ay may dalawang magkakaagapay na MGA PAUTOS ("dinggin" [*Qal* PAUTOS] at "pakinggan" [*Hiphil* PAUTOS). Ito ay mahalaga na ang may-akda ng Awit ay nakitang ito ay may pangkalahatang mga kahihinatnan na napakalayo sa hangganan ng Ipinangakong Lupain (cf. Awit 45:16; 46:10; 47:1-2,7-9; 48:2,10; 49:1; 50:1,4,12, i.e., "lahat ng mga tao," "lahat ng naninirahan sa mundo"). Kailangan itong maunawaan na ang Karunungang Panitikan (tingnan ang panimulang artikulo, p. xxv) ay isang pampanitikan genre kilalang-kilala at popular sa ANE.

**49:2 "Ng mababa at gayon din ng mataas"** Ito ay isang lubhang karaniwang talinghaga sa Hebreo na ginamit upang ipahayag ang dalawang kasukdulan, at sa gayon ay isinasama ang anumang bagay na nasa pagita (tingnan ang magkakaagapay na "mayaman at mahirap"). Ang pariralang ito mismo ay lubhang di-karaniwan sapagkat sa literal ito ay "ang mga anak na lalaki ng tao" at "ang mga anak na lalaki ng tao," ngunit maaaring may isang paglalaro sa dalawang magkaibang salita para sa "tao." Ang una ay ang salita *adam* (BDB 9), na kadalasang nangangahulugang "sangkatauhan." Ang ikalawa ay ang salitang *ish* (BDB 35), ang pangkalahatang termino para sa isang lalaking tao. Ito rin ay maaaring ang dalawang parirala ay magkasingkahulugan (NEB, cf. Awit 62:9; Isaias 2:9; NET Bible).

**49:3 "karunungang. . .pag-unawa"** Kapwa ang terminong ito ay PANGMARAMIHAN (isang

PANGMARAMIHAN NG PAGKAMAHARLIKA), na isang paraan sa paghahayag ng isang sukdulang kaisipan. Ito ay ang pinakamataas na karunungan at ang pinakamalalim kaunawaan. Ang kinasihang guro ng karunungan ang nagpapahayag ng katotohanan ng Diyos.

▣
**NASB,**
**NKJV,**
**NRSV** **"pagbubulay"**
**TEV, REB** **"mga kaisipan"**
**NJB** **"bulong"**
**JPSOA** **"pagwiwika"**
**NAB** **"bulalas"**

Dito ang tanging kakikitahan ng ganitong anyo ng salitang-ugat, הגה (BDB 212). Ang panimulang kahulugan ng salitang-ugat ay "dumaing," "magbuntong-hininga," "magwika."

Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa panloob na mga kaisipan ng salmista. Siya ay maaaring

1. isang pantas/pilosopo
2. isang Levita/mang-aawit
3. isang saserdote/teologo

**49:4 "Ikikiling ko ang aking panig sa talinghaga"** Ito ay isang kapansin-pansing talinghaga ng sinasadyang pakikinig sa isang kawikaan upang maunawaan ang kahulugan nito. Ang terminong "kawikaan" (BDB 605) ay isang sinaunang karunungang termino, na tila mayroong konsepto ng isang palaisipan, mabigat na salawikain, o mahiwagang katotohanan. Gayunman, ang ikalawang linya ng talata 4 ay maaaring isang paraan ng pagsasabi na siya ay maghahayag ng isang palaisipan (BDB 295) at pagkatapos ay ibibigay ang kahulugan nito. Ang dalawang kalahati ng talata 4 ay tila nagpapakita ng payak na anyo ng karungan. Ang may-akda ay magpapahayg ng katotohanang ito sa isang paraan na ang mga tao ng kaniyang kultura/mundo ay mauunawaan ito.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 49:5-9**
**5 Bakit ako matatakot sa mga kaarawan ng kasamaan,**
**pagka kinukulong ako ng kasamaan sa aking mga kaaway,**
**6 Silang nagsisitiwala sa kanilang kayamanan**
**at nangaghahambog sa karamihan ng kanilang mga kayamanan?**
**7 Wala sa kaniyang makatutubos sa ano pa mang paraan sa kaniyang kapatid**
**ni magbibigay man sa Diyos ng pangtubos sa kaniya—**
**8 Sapagka't ang katubusan ng kanilang kaluluwa ay mahal,**
**at ito'y naglilikat magpakailan man —**
**9 Upang siya'y mabuhay na lagi,**
**upang siya'y huwag makakita ng kabulukan.**

**49:5-9 "Bakit ako matatakot sa mga kaarawan ng kasamaan"** Ang paksang ito ay papaunlarin sa Awit na ito.

Ang salitang "mundo" (BDB 317) ay di-karaniwan at maaaring mangahulugang

1. buhay – Job 11:17; Awit 39:5; 89:47
2. mundo – Awit 17:14

Tandaang ang kahulugan ay malalaman sa pamamagitan ng mga konteksto hindi ng mga tala-hulugan/ mga leksikon.

Ang mga maka-Diyos na tao ay palagiang namamangha tungkol sa kawalang-katarungan ng buhay (cf. Job, Awit 73; Habakkuk). Kadalasang ang masama ay sumasagana at ang matuwid ay nagdurusa. Ito ay tila sumusuway sa Levitico 26 at Deuteronomio 27-30. Ninanais ni YHWH na

gamitin ang kaginhawaan at kasaganahan ng Kaniyang mga tao upang akitin ang mga bansa sa Kaniyang sarili. Gayunman, dahil sa Pagkalugmok sa Genesis 3, kahit pangkasunduang sangkatauhan ay maaaring hindi maingatan ang Kautusan. Ang tanging kasaganahan ay dumadating sa mararahas, sakim, mga makapangyarihang tao.

Hindi ito ang mundong nilalang ng Diyos. Ang Kaniyang bayan ay hindi tinularan ang Kaniyang katangian (cf. Ezekiel 36:22- 23). Ang nalugmok na sangkatauhan ay hindi maaaring iligtas/ tubusin ang kanilang mga sarili o kanilang mga pamilya, o kanilang mga kapitbahay!

**49:5 "kinukulong ako ng kasamaan sa aking mga kaaway"** Ang KJV ay may ang salita "mga sakong" kapalit ng mga "kaaway." Ang literal na Hebreo na termino (BDB 784) ay tila na uugnay kay Jacob habang tangan ang sakong ng kaniyang kapatid sa kanilang pagsilang at, samakatuwid, ay pinangalanang ang "manlilinlang," "mangpapalit," o "mang-aagaw." Ito ang konsepto ng salitang "mga kaaway" dito.

**49:6 "Silang nagsisitiwala sa kanilang kayamanan"** Ang PANDIWA na ito "pagtitiwala" (BDB 105, KB 120) ay karamihang makikita sa Awit at Isaias (cf. Isaias 26:3-4; 30:15). Sa Awit 37 natutunan natin na tayo ay magtitiwala lamang sa Diyos! Ang talatang ito ay ang tiyak na kapaliktaran, mga tao na nagtitiwala sa kanilang mga sarili o kanilang mga materyal na pagmamay-ari (cf. Job 31:24; Awit 62:10; Kawikaan 11:28; 23:4-5; Marcos 10:23-31; 1 Timoteo 6:17-19).

**49:7 "Wala sa kaniyang makatutubos sa ano pa mang paraan sa kaniyang kapatid"** Sa Hebreo, ang terminong "kapatid" (BDB 26) ay makikitang una para sa pagbibigay-diin. NEB, REB, RSV, NRSV ay pinalitan ang אח (kapatid) sa אך (ay tiyakan, BDB 36). Ang UBS Text Project (p. 245) ay binibigyan ang "kapatid" ng isang "A" na antas. Ang Hebreo ay nagpapahayag na ang isang tayo ay hindi makakapagtubos (i.e., maliligtas, masasagip) kahit na ang kaniyang sarili.

**49:7,8 "makakatubos. . .pangtubos. . .katubusan"** Mayroong dalawang Hebreong MGA PANDIWA:
1. "makakatubos" – BDB 804, KB 911, *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN at DI-GANAP PANDIWA ng katulad na salitang-ugat para sa pagbibigay-diin
2. "pangtubos" (hindi BDB 145 I) – BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP with BDB 497 I, sa literal ay "isang tayong hindi mababayaran sa Diyos ang halaga ng kaniyang buhay"

Sila ay kapwa tumutukoy sa pagbili pabalik ng sinuman mula sa pagkaalipin o mula sa pagkakapiit bilang isang bilanggo ng digmaan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pangtubos/Katubusan sa Awit 19:14.

**49:8-9 "Sapagka't ang katubusan ng kanilang kaluluwa ay mahal,**
**at ito'y naglilikat magpakailan man"** Ito ay isang panaklong na kaisipan na binibigyang-diin kahit gaano pa kayaman ang isang man, ang halaga upang mapahaba ang buhay o masiguro ang kabilang buhay, ay napakataas. Ito ay kung saan ang ebanghelyo ni Hesukristo ay ang mabuting balita (cf. Isaias 53; Marcos 10:45; 2 taga-Corinto 5:21)!

Pansinin ang pagkakaagapay.
1. siya ay dapat na *sumubok* magpakailanman (BDB 761) – BDB 292, KB 292, *Qal* GANAP na may *waw*
2. siya ay dapat na mabuhay magkapailanman (BDB 664) – BDB 310, KB 309, *Qal* PANGKAUTUSAN
3. hindi niya dapat makita ang hukay (BDB 1001) – BDB 906, KB 1157, *Qal* DI-GANAP

Mahirap para sa mga Kristiyano na ipaliwanag ang mga teksto tulad nito sapagkat binabasa natin ang mga pang-unawa at mga kahulugan sa mga salita ng NT sa mga konteksto ng OT. Sa orihingal, ito ay hindi kaugnay ng Isaias 53 o Juan 3:16. Ito ay tumutukoy sa isang mahaba, malusog, masaganang buhay. Hindi ito matitiyak ng kayamanan! Sa isang nalugmok na mundo, kahit na pangkasunduang

pagsunod ay maaaring hindi matitiyak ito (i.e., Job, Isaac, Israel).

Mayroong ilang tiyakang mga pahiwatig ng isang susunod na buhay sa OT (i.e., Job 14:14-15; 19:25-27; Awit 16:10; Daniel 12:2), ngunit para sa malaking bahagi, ang OT ay tumutukoy sa buhay na ito!

**49:8 "mahal"** Sa kontekstong ito ng OT, ang halaga ng pangtubos ransom/katubusan ay

1. ang kamatayan ng isang walang-kasalanang hayop bilang isang kahalili (cf. Levitico 4) para sa makasalanang kaluluwa ng isang tao o Levitico 16 para sa isang kumunidad ng pananampalataya
2. sa Awit 51 ay walang pag-aalay para sa sinadyang kasalanan ni David (cf. Levitico 4:2,22,27; 5:15-18; 22:14), kaya si David ay nag-alay ng "isang nawasak at nagsisising puso" (Awit 51:17)
3. ang pangwakas na halaga ay binayaran ng "kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng mundo" (cf. Juan 1:29). Ito ay hinulaan sa Isaias 52:13-53:12 (i.e., ang Naghihirap na Lingkod). Ang konseptong ito ng panghaliling katubusan ay naitala ni Hesus (cf. Marcos 10:45), Pablo (cf. taga-Galacia 1:4; 1 taga-Corinto 15:3; 2 taga-Corinto 5:21), Pedro (cf. 1 Pedro 2:21-24), at ang may-akda ng Hebreo (cf. Hebreo 7:26-27; 9:28).

**49:9 "Upang siya'y mabuhay na lagi,**
**upang siya'y huwag makakita ng kabulukan"** Ito ang suliranin ng kayamanan. Hindi ito nagkakaloob ng tiyak na kasagutan. Hindi nito magagawang maging matuwid ang isang tao sa harapan ng Diyos at hindi ito nakakapagbahaba ng buhay. Samakatuwid, ito ay bulaang pag-asa; ito ay isang kislap para sa ilang saglit lamang at mawawala na pagkatapos. Ang tanging tunay na liwanag, ang tanging tunay na pag-asa, at ang tanging tunay na buhay ay matatagpuan sa Diyos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 49:10-12**
**10Sapagka't nakikita niya na ang mga pantas ay nangamamatay;**
**ang mangmang at gayon din ang hangal ay nililipol**
**at iniiwanan ang kanilang kayamanan sa mga iba.**
**11Ang kanilang pagiisip sa loob ay,**
**na ang kanilang mga bahay ay mananatili magpakailan man**
***at* ang kanilang mga tahanang dako ay sa lahat ng sali't saling lahi;**
**tinatawag nila ang kanilang mga lupain ayon sa kanilang sariling mga pangalan.**
**12Nguni't ang tao'y hindi lalagi sa karangalan;**
**siya'y gaya ng mga hayop na nangamamatay.**

**49:10 "Sapagka't nakikita niya na ang mga pantas ay nangamamatay;**
**ang mangmang at gayon din ang hangal ay nililipol"** Bagaman ang talinghagang ito ay katulad sa isang matatagpuan sa Ecclesiastes 2:15,16, ito ay na ginamit sa naiibang kaunawaan dito. Dito, ang kamatayan ng lahat ng mga bagay, kasama ng mga tao at mga hayop, ay kaugnay sa kanilang kawalang-kakayahang bumili ng mas mahabang buhay sa pamamagitan ng kayamanan. Mayroong tila tatlong magkakaibang mga tao o mga pangkat ang nakapaloob sa v. 10; ang marunong na tao, ang tangang tao, at ang walang-kabuluhang tao. Dahil mga hayop ay nabanggit sa vv.12 at 20, ang ilang ay tinitingnan sila bilang tumutukoy dito sa "walang-kabuluhan" (BDB 129, tulad ng hayop, cf. Awit 73:22).

▣ **"iniiwanan ang kanilang kayamanan sa mga iba"** Muli, Ecclesiastes 2:18-23 ay malaking tulong. Gaano man kayaman ang isang tao, kapag siya ay namatay, iiwan niya ang lahat ng ito sa iba.

**49:11 “Ang kanilang pagiisip sa loob ay, na ang kanilang mga bahay ay mananatili magpakailan man”** Ang MT Hebreong teksto ay may kaisipan na ang mayamang tao ay naniniwala na siya at kaniyang kayamanan ay magtatagal magpakailanman. Gayunman, ang LXX ay binago ang kaisipan sa “kanilang mga libingan ay kanilang mga bahay magpakailanman.” Kung anuman ang tama, ito pa rin ay nagpapakita ng pangwakas na kahangalan sa pagtitiwala sa mga kayamanan.

Ang UBS Text Project (p. 246) ay may

1. קרבם – kanilang kalagitnaan (NASB, “panloob na kaisipan,” BDB 899)
2. קברם – kanilang mga libingan (BDB 868). Ito ay binibigyan isang “B” na antas (ilang pagduruda) sa opsyon #2 (cf. NJB, REB, JPSOA, LXX, Siryano, Vulgato)

Ang terminong “mga bahay” maaaring ay tumutukoy sa madetalyeng pagkagayak at mamahaling puntod. Ang mga ito, tulad ng mga Paraon, ay iniisip na ang pisikal na mga monumento para sa kanilang mga sarili ay magtitiyak ng kanilang ala-ala at, sa isang kaunawaan, ang anilang kawalang-kamatayan.

▣ **“tinatawag nila ang kanilang mga lupain ayon sa kanilang sariling mga pangalan”** Ang isang paraan na masubukang matiyak ng mga tao na sila ay maaalala ay sa pamamagitan ng pagpapangalan ng mga heographikong lugar sa kanilang mga sarili (o mga ligal na mga gawain sa kanilang mga pangalan). Ito, gayundin, ay kahangalan, dahil ang mga pangalan nagbabago pana-panahon.

**49:12 “Nguni't ang tao'y hindi lalagi sa karangalan”** Sa isang pagtatangka na magkaloob ng isang kasingkahulugan pagkakaagapay sa mga talata 12 at 20, ang NEB at REB ay binago –

“sa karangalan” (NASB, “karingalan”), ביקר, BDB 430, sa

“mga baka” (NEB, REB, “hurno”), בקר, BDB 133

Ang UBS Text Project ay binibigyan ang “sa karangalan” ng isang “B” na antas (ilang pagduruda) satalata 12 at isang “A” na antas (tiyak) sa talata 20. Ito ay maliwanag na ang kayabangan at pagmataas ng mayaman ay nabibigyang-diin dito (cf. Ecclesiastes 3:19- 23).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 49:13-15**

**13 Itong kanilang lakad ay kanilang kamangmangan,**
**gayon ma'y pagkatapos nila ay sinasangayunan**
**ng mga tao ang kanilang mga kasabihan. Selah.**
**14 Sila'y nangatakda sa Sheol na parang kawan;**
**kamatayan ay magiging pastor sa kanila;**
**at ang matuwid ay magtataglay ng kapangyarihan sa kanila sa kinaumagahan,**
**at ang kanilang kagandahan ay mapapasa Sheol upang matunaw**
**upang mawalan ng tahanan.**
**15 Nguni't tutubusin ng Diyos ang aking kaluluwa sa kapangyarihan ng Sheol,**
**sapagka't tatanggapin niya ako. Selah.**

**49:13 “Itong kanilang lakad ay kanilang kamangmangan”** Ang mangmang ay tumutukoy alinman sa (1) taong nag-aangkin na kilala ang Diyos ngunit nabubuhay na parang walang Diyos o (2) lubhang masamang tao. Wala talatang maituturing na ateista sa OT (cf. Isaias 53:1).

“Daan” ay isang OT wikain para sa pamumuhay. Tingnan ang mga tala sa Awit 1:1.

▣ **“gayon ma'y pagkatapos nila ay sinasangayunan ng mga tao ang kanilang mga kasabihan”** Ito ay tumutukoy sa sa kanilang mapagmataas na mayaman na nakakaimpluwensiya ng kanilang pilosopiya sa buhay. Ito ay maaaring tumukoy sa kanilang mga anak, kanilang mga mag-aaral, ibang

mga tao na naghahangan ng kayamanan, o kanilang mga kaibigan. Ito ang pangwakas na bunga ng isang bulaang pananaw sa mundo (cf. Mateo 15:14; Lucas 6:23).

▣ **"Selah"** Ito ay isang salita na mayroong maraming pagtalakay ngunit may kaunting pagkakasundo. Ang ilan ay sinasabing ito ay tumutukoy sa

1. isang pagtigil
2. isang tumataas na crescendo
3. isang pangmusikong patlang
4. magpakailanman, sang-ayon sa mga rabi

Ang mismong katotohanan na may napakaraming mga pagpapaliwanag ay nangangahulugang wala talagang nakakaalam. Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**40:14 "Sila'y nangatakda sa Sheol na parang kawan"** Ang terminong *Sheol* ay tumutukoy sa "lugar ng mga patay" sa OT. Ito ay makikita bilang isang lugar na may kamalayan ngunit walang kaligayahan, walang pagsasama-sama, at isang madilim na tanawin ng maraming karimlan, tahimik na panahon. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6.

▣ **"kamatayan ay magiging pastor sa kanila"** Sa literal, ito ay "kamatayan ang kumakain sa kanila." Anong isang kakilakilabot na pagkakaagapay sa ganda ng Awit 23:1. Ang kamatayan ay nang-aakit sa kanilang may kaluguran sa mundong ito, ngunit sa wakas, ito ay lason (cf. Proverbs 1-8).

▣ **"at ang matuwid ay magtataglay ng kapangyarihan sa kanila sa kinaumagahan"** Ang katotohanang ito ay tinutura sa buong Bibliya (cf. Daniel 7:18; Malakias 4:3; 1 taga-Corinto 6:2; Pahayag 2:26).

▣ **"sa kinaumagahan"** Ito ay maaaring tumukoy sa

1. ang liwanag ng katotohanan ng Diyos
2. ang liwanag ng buhay
3. ang konsepto ng eskatolohikong umaga o ang pahinga ng isang bagong panahon

Ang NIDOTTE, tomo 1, p. 327, ay may isang mabuting talaan ng mga bagay na inilalarawan ng "liwanag."

1. kaligtasan – Awit 27:1; Isaias 49:6
2. kasaganahan at kapayapaan – Isaias 45:7
3. kasunduan ni YHWH – Isaias 42:6
4. katarungan at katuwiran – Isaias 51:4; 59:9
5. pagpapala – Awit 89:15
6. Diyos, Kaniyang sarili – Awit 27:1; Isaias 60:1-3,19-20
7. ang Nagdurusang Lingkod – Isaias 42:6; 49:6
8. Mesias – Isaias 9:2

Ito ay maaari na hatiin ang Hebreong mga katinig na magkaiba sa "sila ay tutungo ng tuwiran sa libingan" (NIDOTTE, tomo 1, p. 713). Ito ay mas umaakma sa sentrong katotohanan ng istropa (NRSV, REB).

▣ Ang PANDIWA na "matunaw" (BDB 115, KB 132, *Piel* PAWATAS NA BALANGKAS) sa literal ay "masira." Kaya ang kaisipan ng linya ay

1. Ang *Sheol* ay kakainin sila (talinghaga para sa *Sheol* bilang isang hayop na may napakatakaw kumain o isang pagkabanggit sa Cananeong diyos ng kamatayan, *Mot*; tingnan ang NASB Study Bible, p. 785, tala sa baba at AB, p. 300).

2. Ang katawan ay matutunaw sa alabok, gaya ng lahat ng katawan pagkatapos ng kamatayan (NRSV, TEV, JPSOA).

**49:15 "Nguni't tutubusin ng Diyos ang aking kaluluwa sa kapangyarihan ng Sheol, sapagka't tatanggapin niya ako"** Ano isang nakakasindak na katotohanan! Pansinin ang personal na elemento – "ako"! Dito tayo ay mayroong panimulang pagpapatibay ng isang kabilang-buhay (o isang napakalapit na pagsasama-sama sa Diyos dito at ngayon sa buong buhay at ang pag-asang ito ay magpapatuloy!), batay, hindi sa mga gawa ng tao, ngunit sa pag-ibig ng Diyos. Dito, personal na pananampalataya, gayundin naman, isang buhay ng pagsunod at pagtitiwala, ay ginantimpalaan ng kawalang-hanggan kasama ang ating Diyos (tingnan ang mga tala sa Awit 23:6).

Ang terminong "tanggapin" (BDB 542, KB 534) ay ginamit sa Genesis 5:24 kay Enoch. Siya ay isinalin sa presensiya ni YHWH!

Para sa *Sheol* tingnan ang mga tala sa Awit 6:5 at 9:13.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 49:16-20**
**16Huwag kang matakot pagka may yumaman,**
**Pagka ang kaluwalhatian ng kaniyang bahay ay lumago;**
**17Sapagka't pagka siya'y namatay ay wala siyang dadalhin;**
**ang kaniyang kaluwalhatian ay hindi bababang susunod sa kaniya.**
**18Bagaman habang siya'y nabuhay ay kaniyang pinagpala ang kaniyang kaluluwa—**
**at pinupuri ka ng mga tao pagka gumagawa ka ng mabuti sa iyong sarili—**
**19Siya'y paroroon sa lahi ng kaniyang mga magulang;**
**hindi sila makakakita kailan man ng liwanag.**
**20Taong nasa karangalan, at hindi nakakaunawa,**
**ay gaya ng mga hayop na namamatay.**

**49:17 "Sapagka't pagka siya'y namatay ay wala siyang dadalhin"** Ito ang katotohanan na silang nagtitiwala sa kayamanan ay iiwan ang lahat ng ito sa kamatayan (cf. 1 Timoteo 6:7). Ang Pahayag 13:14 ay sinasabi sa atin na ang mga mabuting gawa ay susunod sa kanilang nabuhay para sa Diyos. Mayroong isang aklat ng buhay at isang aklat ng mga gawa (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5). Gagantimpalaan ng Diyos silang umibig at naglingkod sa Kaniya. Ang araw ng kahatulan ay darating —para sa sa kanilang nakakakilala sa ating Diyos ito ay magiging araw ng mga gantimpala, ngunit para sa sa kanilang nagtiwala sa kanilang mga sarili, ito ay magiging araw ng walang-hanggang pagkakawalay (cf. Mateo 25:31-46; Pahayag 20:11-15).

▣ **"kaniyang kaluwalhatian"** Ang Hebreong salita (BDB 458 II) ay maaaring mangahulugang
1. kasaganahan
2. karangalan
3. kaluwalhatian

▣ **"bababa"** Ang PANDIWA na ito (BDB 432, KB 434, *Qal* DI-GANAP) ay nagpapakilala ang paniniwala na ang patay ay panlupa o nasa lupa. Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay? sa Awit 1:6. Ito ay isang paraan ng paghahayag ng isang pagbaba sa dako ng mga patay. Ang mga Semiteo ng OT ay inililibing ang kanilang mga namatay na mahal sa buhay.

**49:18 "Bagaman habang siya'y nabuhay ay kaniyang pinagpala ang kaniyang kaluluwa"** Ang talatang ito ay maliwanag na nauugnay sa mapagmalaking pagmamataas sa kanilang pagtitiwala sa kanilang sariling pinagkukunan. Ngunit ang hindi matapat ma papuri ay ilusyon. Ang mundo ng Diyos ay moral at bawa't-isa ay magbibigay ng pagsusulit sa Diyos (cf. Daniel 12:2; Mateo 25:31-46;

2 taga-Corinto 5:8; Pahayag 20:11-15).

Para sa “kaluluwa” (sa literal ay *nephesh*) tingnan ang mga tala sa Awit 3:2.

**49:19 “Siya'y paroroon sa lahi ng kaniyang mga magulang”** Ito ay tumutukoy sa katotohanan na ang paglilibing sa OT ay kadalasang ginagawa sa mga pampamilyang puntod, yungib (kuweba). Ito ay isang pagkabanggit sa OT para sa na inilibing kasama ang pamilya.

▣ **“hindi sila makakakita kailan man ng liwanag”** Ito maaaring ay tumutukoy sa katulad na konsepto ng v. 14. Ito ay maaaring mangahulugang ang liwanag ng buhay, ang liwanag ng katotohanan, ngunit maaaring ito ay mangahulugang ang kadiliman ng *Sheol*—ang dakong pinananahanan nilang hindi nakakakilala sa ating Diyos (cf. Job 3:16; 33:28,30; Awit 36:9).

**49:20** Ito ay ganap na tulad ng talata 12 at isang akmang buod sa Awit. Ito ay kahabag-habag ngunit isang tunay na larawan ng isang nalugmok na tao na nananatiling nakabalot sa kaniyang sariling mga kayamanan (cf. Mateo 7:13-14).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ninanais ng isang Hudyong pantas na magsalita sa buong mundo?
2. Ano mga kadahilanang binigay ng salmista sa hindi pagkatakot sa mga panahon ng kahirapan?
3. Ipaliwanag ang terminong “tinubos.”
4. Paano maiuugnay ang Awit na ito sa Ecclesiastes?
5. Ano ang *Sheol*?
6. Ano ay ang teolohikong kahihinatnan ng talata 15?

# AWIT 50

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Diyos ang Tagahatol ng Matuwid at Masama<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni Asaph | Diyos ang Matuwid na Hukom | Isang Liturhiya ng maka-Diyos na Hatol | Tunay na Pagsamba | Pagsamba sa Espiritu at Katotohanan |
| 50:1-6 | 50:1-3 | 50:1-2 | 50:1-2 | 50:1-3a |
| | | 50:3-6 | 50:3-6 | 50:3b-4 |
| | 50:4-6 | | | |
| | | | | 50:5-6 |
| 50:7-15 | 50:7-11 | 50:7-11 | 50:7-11 | 50:7 |
| | | | | 50:8-9 |
| | | | | 50:10-11 |
| | 50:12-15 | 50:12-15 | 50:12-15 | 50:12-13 |
| | | | | 50:14-16a |
| 50:16-21 | 50:16-21 | 50:16-18 | 50:16-18 | 50:16b-17 |
| | | | | 50:18-19 |
| | | 50:19-21 | 50:19-21 | |
| | | | | 50:20-21 |
| 50:22-23 | 50:22-23 | 50:22-23 | 50:22-23 | 50:22-23 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ito ay isa pang Awit na naglalaman pangkalahatang elemento (cf. 50:1,4,12; Awit 45:16; 46:10; 47:2; 48:2,10; 49:1). Ito ay isa pang paraan ng pagpapahayag kay YHWH bilang Manlilikha (Awit 104), ang tanging Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7).

B. Dahil Siya ay ang Manlilikha, Siya ang tanging Hukom. Ang mga tao ay hahatulad sa pamamagitan ng kanilang pakikipag-ugnayan sa Diyos,
   1. pananampalataya
   2. pagsunod
   3. pagsamba

   hindi lamang sa kanilang katuparan sa ritwal o mga liturhikong anyo. Ang tunay pananampalataya ay sa puso bago ang pagkilos!

C. Ang Awit na ito ay hindi tungkol sa kahatulan ng lahat ng mga tao, ngunit ang kahatulan ng kasunduang bayan bilang langit, lupa, at lahat ng mga tao makikita. Ang kahatulang ito ay para sa mga layunin ng
   1. pagpapanumbalik ng ilang sa matapat na pananampalataya
   2. paghahayag ng bulaang pananampalataya of ng ilang

D. Ang Awit na ito ay naglalarawan ng
   1. sa kanilang mga tagasunod ng ritwal na pag-aangkop (cf. vv. 7-15)
   2. sa kanilang mga tagasunod na walang pananampalataya (cf. vv. 16-21)
   3. maikling buod sa vv. 22-23

E. Mayroong maraming mga pagkabanggit sa pagsasalita. Pansinin
   1. nagsalita, v. 1a
   2-3. tinawag (i.e., masaksihan o magpatotoo), vv. 1b, 4
   4. hindi tatahimik, vv. 3, 21a
   5-6. tuwirang pahayag ni YHWH, vv. 5, 7
   7. ipinahayag, v. 6a
   8. ako ay magsasalita, v. 7a
   9. ako ay magpapatotoo, v. 7b
   10. sasawayin, vv. 8,21
   11. haing pasasalamat, vv. 14a, 23a
   12. sinabi ni YHWH, v. 16a (karamihan ng Awit ay si YHWH ang nagsasalita, vv. 5, 7-15, 16-21, 22-23)
   13. ipahayag, v. 16b
   14. aking mga salita, v. 17b
   15. iyong bibig, v. 19a
   16. iyong dila, v. 19b
   17. nagsasalita, v. 20a
   18. dinudusta, v. 20b

   Sa pamamagitan ng kanilang mga salita ay makikilala mo sila dahil ang kanilang mga salita ang naghahayag ng kanilang mga puso (i.e., kapwa mga pangkat, cf. Mateo 12:33-37; Lucas 6:45).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

| |
|---|
| **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 50:1-6** |
| **[1]Ang makapangyarihang Diyos, ang Diyos na PANGINOON, ay nagsalita,** |
| **at tinawag ang lupa mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog niyaon.** |
| **[2]Mula sa Sion na kasakdalan ng kagandahan,** |
| **sumilang ang Diyos.** |
| **[3]Ang aming Diyos ay darating at hindi tatahimik;** |
| **isang apoy na mamumugnaw sa harap niya,** |
| **at magiging totoong malaking bagyo sa palibot niya.** |
| **[4]Siya'y tatawag sa langit sa itaas,** |
| **at sa lupa upang mahatulan niya ang kaniyang bayan:** |
| **[5]"Pisanin mo ang aking mga banal sa akin,** |
| **yaong nangakikipagtipan sa akin sa pamamagitan ng hain."** |
| **[6]At ipahahayag ng langit ang kaniyang katuwiran,** |
| **sapagka't ang Diyos ay siyang hukom. Selah.** |

**50:1-6** Ang istropang ito ay ipinapakilala si YHWH bilang ang matuwid Hukom (cf. v. 6). Ang paglalarawan sa karamihan ng Awit na ito ay isang tagpo sa hukuman.

1. tinawag ang lupa, vv. 1,4
2. ang dalawang walang-hanggang saksi—langit at lupa (cf., Deuteronomio 4:26; 30:19; 31:28; 32:1), v. 4
3. Ang Diyos mismo ang Hukom, v. 5
4. Ako ay magpapatotoo laban sa iyo, v. 7; pansinin na ang buong mundo, langit at lupa, ay tinatawag upang sumaksi sa mga paratang ni YHWH laban sa Kaniyang kasunduang bayan

**50:1** Pansinin ang mga pangalan/mga titulo ng pagka-Diyos na ginamit (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1):

1. *El*, v. 1 – BDB 42, pangkalahatang pangalan para sa Diyos sa ANE mula sa salitang-ugat na, "maging malakas"
2. *Elohim*, vv. 1,2,3,6,7 (dalawang beses), 14,16,23 – BDB 43, ang Diyos bilang manlilikha, tagapagtaguyod, at tagapanatili ng lahat ng buhay
3. YHWH, v. 1 – BDB 217, ang Diyos na gumagawa ng kasunduan, Diyos bilang Tagapagligtas, Manunubos (v. 5)
4. *Elyon*, v. 14 – BDB 751 II, tingnan ang buong tala sa Awit 46:5, "Kataas-taasan" (cf. Deuteronomio 32:8; Awit 9:2; 21:7; atbp.)
5. *Eloah*, v. 22 – BDB 42, PANG-ISAHAN ng *Elohim* (karamihan sa Job)

Ito ay maaari na ang unang tatlo ay sadyang bumubuo ng isang titulo (cf. Joshue 22:22). Ang LXX, NJB, at AB (p. 304) ay nagmumungkahi na, "Ang Diyos (*El*) ng mga diyos (*Elohim*) ay si YHWH." Mayroong ilang pampanitikan/teolohikong kadahilanan na mag-uugnay sa tatlong mga pangalan sa isang kalipunan, ngunit ito ay nawala sa mga makabago.

▣ **"lupa"** Ito ay ang Hebreong salitang *erets* (BDB 75, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2). Isang magkakaagapay na terminong, "mundo" (BDB 385, cf. Awit 9:8; 18:15; 19:4; 24:1; 33:8; 50:12), ay karamihang ginagamit sa Awit at Isaias.

▣ **"mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog niyaon"** Ang parirala (cf. Awit 113:3) ay isang wikain sa panlahat na dako, gaya ng "mula sa silangan patungo sa kanluran." Ang lahat ng mga tao ay tinatawag sa hukuman ni YHWH. Ang konseptong ito ay dinala sa NT bilang

1. kahatulan ng tupa at kambing sa Mateo 25:31-46

2. ang luklukan ng kahatulan ni Kristo sa 2 taga-Corinto 5:8
3. ang dakilang kahatulan ng puting trono sa Pahayag 20:11-15

Ito ay pagkabanggit sa 1 taga-Corinto 15:25-28. Ang mga tao ay magbibigay ng pagsusulit sa Diyos sa kanilang pagkakatilawa ng kaloob ng buhay!

**50:2 "Sion"** Dito ang lungsod ng Diyos, ang Herusalem, ay ipinapakilala bilang "ang kasakdalan ng kagandahan." Sa Awit 48:2, siya ay tinatawag na, "maganda sa kataasan, ang kaligayahan ng buong lupa." Kapwa ang mga parilalang naglalarawan ay pinagsama sa Panaghoy 2:15. Tingnan ang mga tala sa Awit 2:6; 9:11; 20:1.

▣ **"sumilang ang Diyos"** Ang katulad na PANDIWA (BDB 422, KB 424, *Hiphil* PAUTOS) ay ginamit sa Awit 80:1 (*Hiphil* PAUTOS) sa Awit 94:1 (gayundin, *Hiphil* PAUTOS). Sa Awit 49:14, aking tinala kung papaanong ang paglalarawan sa liwanag ay ginamit upang tumukoy sa mga magkakaibang bagay. Ang Diyos ang liwanag ng mundo (cf. Awit 27:1; Isaias 60:1-3,19-20) at gayundin din ang Kaniyang Anak (cf. Juan 8:12; 12:35). Dahil sa Kanila, gayundin ang Kanilang matapat na mga tagasunod (cf. Mateo 5:14; 6:23; Juan 12:36).

**50:3** Ang talatang ito ay nagsisimula sa dalawang MGA PANGKAUTUSAN ("nawa. . .").
1. ang ating Diyos ay darating – BDB 97, KB 112, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. hindi Siya tatahimik – BDB 361, KB 357, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

Ang Araw ng Kahatulan ay dumating na at ang bayan ng Diyos ay unang hahatulan (cf. Jeremias 25:29; 1 Pedro 4:17).

▣ **"isang apoy na mamumugnaw sa harap niya"** Ang apoy ay kadalasang nauugnay sa
1. ang kabanalan/kadalisayan ng Diyos – Daniel 7:10
2. paglilinis – Bilang 31:23
3. kahatulan – Levitico 10:2; Bilang 16:35

Para sa isang buong talaan ng paglalarawan na nauugnay sa "apoy," tingnan ang ang Natatanging Paksa sa Awit 11:6.

Sa kontekstong ito, ito ay nauugnay sa pisikal na paglalarawan sa lupa na magaganap kapag ang isang banal Diyos ay lumapit ("dumating," v. 3a) sa Kaniyang nalumok na mga nilalang (cf. Awit 18:7-15; 97:1-6).

**50:4 "langit. . .lupa"** Ang mga ito ang dalawang kinakailangang saksi (cf. Bilang 35:30; Deuteronomio 17:6; 19:15) upang dalhin ni YHWH ang kanyang bayan sa hukuman (cf. 50:4-5,7,16-21,22-23). Ang mga ito ang kumukatawan sa unang dalawang bagay na nilalang (i.e., ang mundo at atmospera nito).

**50:5 "pisanin"** Ang PANDIWA na ito (BDB 62, KB 74, *Qal* DI-GANAP) sa konteksto ay magkaagapay sa "tawagin" (vv. 1,4). Pansining ito ay "ang isang maka-Diyos" (i.e., ang kasunduang bayan) na nagtitipon para sa Araw ng Kahatulan (i.e., "ang luklukan ng kahatulan ni Kristo" sa 2 taga-Corinto 5:10 ay para din sa mga mananampalataya, hindi sa mga di-mananampalataya).

▣ Pansinin kung paaanong inilarawan ang kaganapang pangritwaul ng mga tagasunod.
1. ang aking mga banal sa akin, v. 5
2. yaong nangakikipagtipan sa akin sa pamamagitan ng hain, v. 5
3. Oh aking bayan, v. 7 (kasunduang terminolohiya)

4. sila ay inuutusan na (vv. 14-15)
   a. ihandog ang haing pasasalamat (*Qal* PAUTOS)
   b. tuparin ang panata sa Kataastaasan (*Piel* PAUTOS)
   c. tumawag kay YHWH sa araw ng pagkabagabag (*Qal* PAUTOS)

▣ **"ang aking mga banal"** Ang salita/titulo na ito (BDB 339) ay kadalasang ginagamit sa Awit upang tumukoy sa matapat na mga tagasunod (tingnan ang mga tala sa Awit 4:3; 12:1; 16:10; 18:25; 30:4; 31:23; 32:6; 37:28; 43:1; 52:9, atbp.). Sa Awit 16:10, ito ay tinutukoy ng tipolohiya at mga sipi ng NT sa Mesias.

Dito, ito ay nagpapakilala sa mg Israelita na lubhang nagbibigay-tuon sa mga ritwal na paghahandog at hindi sapat na personal na pananampalataya at maka-Diyos na pamumuhay.

▣ **"sa akin"** Kahit na ang isang kahatulang tagpo ay isang panawagan sa malapit na pagsasama-sama. Para sa masama, ito ay isang panawagan sa kahatulan at paghihiwalay! Sa mga mananampalatayang tumutuon sa ritwal, ito ay isang panawagan sa pagbabago.

**50:5 "tipan"** Ang napakahalagang teolohikong termino na ito (BDB 136) ay hindi Hebraiko. Ang konseptong ito ay pinakamainam na naglalarawan ng isang soberanong Diyos at ang isang inutos, nagpapatuloy, may pananagutang pagpili sa kapakanan ng mga taong nilalang (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 25:10).

▣ **"sa pamamagitan ng hain"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: Paghahandog sa Mesopotamia at Israel at Kanilang Kahalagahan**
(Ang mga talang ito ay bahagi ng aking mga tala sa pagsusuri ng OT. Tingnan din ang tsart ng NIDOTTE, tomo 4, pp. 1020-1021)

I. Mga Kautusang Pang-Ritwal ng Mesopotamia
   A. Ang pag-hahandog ay pangunahing isang piging na inaalay sa isang diyos. Ang altar ay ang hapag ng diyos kung saan ang piging ay inilalagay. Sa tabi ng altar ay ang insensong pausukan na nakakapagbigay-pansin sa diyos. Walang implikasyong ritwal para sa dugo. Ang maydala ng tabak ang hihiwala sa lalamunan ng hayop. Ang pagkain ay pinagsasaluhan ng mga diyos, ang saserdoteng-hari, at mga tagapaglingkod. Ang naghandog ay walang natanggap.
   B. Walang panakip na paghahandog.
   C. Ang karamdaman o sakit ay kaparusahan mula sa mga diyos. Isang hayop ang dinadala at pinapatay; ito ay gumaganap bilang isang kahalili para sa para sa naghandog.
   D. Ang ritwal ng Israel ay walang-katulad at natatangi. Ito ay tila nagmula sa isang tao na nagbalik sa Diyos ng bahagi ng kaniyang paggawa para sa kinakailangang pagkain (cf. Genesis 4:1-4; 8:20-22).
II. Mga Kautusang Pang-Ritwal sa Canaan (katulad na katulad sa Israel)
   A. Mga Pinanggagalingan
      1. biblikal na mga tala
      2. Panitikan ng Phoenicia
      3. Mga Tipak ng Ras Shamra mula sa Ugarit patungkol sa mga Cananeong diyus-diyosan at mitolohiya simula noong 1400 B.C.
   B. Ang mga pag-aalay ng Israel at Canaan ay lubhang magkatulad. Gayunman, walang pagbibigay-diin na inilalagay sa dugo ng sakripisyo sa Cananeong paghahandog.

III. Mga Kautusang Pang-ritwal sa Ehipto
   A. Ang mga paghahandog ay iniaalay ngunit hindi binibigyang-diin.
   B. Ang alay ay hindi mahalaga ngunit ang saloobin ng nag-hahandog.
   C. Ang mga pag-aalay ay sinasakatuparan upang mapawi ang poot ng mga diyos.
   D. Ang naghahandog ay umaasa para sa pagpapalaya o kapatawaran.

IV. Ang Sistema ng Pag-aalay ng Israel at mga alay ng Israel ay katulad ng sa Canaan, bagaman hindi kinakailangang magkaugnay sila sa anumang paraan.
   A. Mga Naglalarawang Parirala
      1. Ang paghahandog ay isang kusang-loob na pagpapahayag ng pangangailangang pang-sangkatauhan para sa Diyos.
      2. Ang mga kautusan sa OT na nangangasiwa sa pag-aalay ay hindi masasabing nagsimula ng pag-aalay (cf. Genesis 7:8; 8:20).
      3. Ang paghahandog ay isang pag-aalay (hayop o gulay).
      4. Kailangang ang isang pag-aalay na buo o bahagi ay sisiraih sa isang altar bilang paggalang sa Diyos.
      5. Ang altar ay ang lugar ng pag-aalay at sinasagisag ang maka-Diyos na presensiya.
      6. Ang pag-aalay ay isang pagganap ng panlabas na pagsamba (isang panalangin na ginaganap).
      7. Ang kahulugan ng pag-aalay ay "ginanap na panalangin" o "mga panalanging may ritwal." Ang kahalagahan ng ritwal at ating pangkulturang pagkiling laban dito ay inihayag ni Gordon J. Wenham (Tyndale, Bilang, p. 25-39). Ang Levitico at Bilang kapwa naglalaman ng malaking bahagi ng ganitong materyales, na nagpapakita ng kahalagahan nito kay Moises at Israel.
   B. Ang Pag-aalay na Kinapapalooban ng
      1. Mga kaloob sa Diyos
         a. kasama ang pagkilala na ang lahat ng lupa ay sa Panginoon
         b. lahat ng taglay ng isang tao, kaniyang pagkakautang sa Diyos
         c. samakatuwid, ito ay tama sa mga tao na magdala ng parangal sa Diyos
         d. ito ay isang natatanging uri ng parangal o kaloob. Ito ay isang bagay na kailangan ng tao upang mapagpatuloy ang kaniyang sariling pag-iral (buhay). Ito ay hindi lamang pagkakaloob ng isang bagay, ito ay isang bagay na kaniyang kailangan. Ito ay pagkakaloob ng isang bahagi ng kaniyang sarili sa Diyos.
         e. sa pamamagitan ng pagsira ng kaloob ito ay hindi na mababawi
         f. ang isang sinunog na pag-aalay ay di na makikita at dumadako sa kinalalagyan ng Diyos
         g. ang mga mas naunang mga altar ay itinayo sa mga dakong nagpakita ang Diyos. Ang altar ay dumating sa pagkakakita bilang isang banal lugar, samakatuwid, ang pag-aalay ay inilalagak dito.
      2. Pagpapahayag ng pagtatalagay ng buong buhay ng isang tao sa Diyos
         a. ang sinunog na pag-aalay ay isa sa tatlong kusa na paghahandog
         b. ang buong hayop ay sinunog upang ipahayag sa Diyos ating malalim na nararamdamang paggalang
         c. ito ay isang lubhang makahulugang kaloob sa Diyos
      3. Pakikipag-ugnayan sa Diyos
         a. pakikipag-isang aspeto ng pag-aalay
         b. isang halimbawa maaaring ang pangkapayapaan pag-aalay na sinasagisag ang pagsasama-sama ng Diyos at tao
         c. ang pag-aalay ay ginawagawa upang makamtan o maibalaik ang pagsasama-samang ito

4. Pagbabayad ng kasalanan
    a. kapag ang tao ay nagkasala, kailangan niyang hilingin sa Diyos na ipanumbalik ang pakikipag-ugnayan (kasunduan) na winasak ng tao
    b. walang pang-ugnayang piging sa pangkasalanang pag-aalay dahil sa nasirang pakikipag-ugnayan
    c. ang kahalagahan ng dugo
        (1) inilagay sa altar para sa tao
        (2) inilagay sa tabing para sa saserdote
        (3) inilagay sa luklukan ng kahabagan para sa Punong Saserdote at bansa (Levitico 16)
    d. mayroong dalawang uri ng pangkasalanang pag-aalay. Ang ikalawa ay tinatawag na ang may-salang pag-aalay o paglabag na pag-aalay. Dito ang may sala ay ipanumbalik sa kaniyang kapwa Israelita sa kinuha o nasira kasama ng pag-aalay ng hayop.
    e. walang pag-aalay para sa pinaghandaan o sinadyang kasalanan, Levitico 4:2,22,27; 5:15-18; 22:14

V. Mga pamamaraan mula sa Levitico para sa mga Iba't-ibang mga Pag-aalay
  A. Levitico 1
    1. Panimulang Pormula, "Ang Panginoon ay nagsalita kay Moises," 1:1-2; 4:1; 5:14; 6:1,19; 7:22, 28
        a. mula sa kawan o langkay
        b. "kapag," v. 2, ay nagpapakita na ito ay hindi iniuutos ngunit kusang-loob
    2. Sinunong na mga Handog, vv. 3-17 (6:8-13)
        a. Altar
            (1) Ang tansong altar, na tinatawag din na altar ng sinunog na pag-aalay, altar sa pinto ng Tabernakulo, o altar ng kahoy na shittim, na may takip na tanso (cf. Exodo 27)
            (2) makikita ang kaibahan nito mula sa kamanyang na altar (ginintuang altar) sa Banal na Dako (cf. Exodo 30)
            (3) mga uling mula sa tansong altar ay dinala sa kamanyang na altar
            (4) tansong altar ay nasa gitna ng pasukan ng Tabernakulo
            (5) ang altar ay mga sungay na siyang pinakabanal na bahagi nito. Ang dugo ay ay inilalagay sa mga sungay (cf. Exodo 30:10).
            (6) ang mga sungay ay maaaring para sa:
                (a) sagisag ng mga kamay upang tanganan ang pag-aalay pataas
                (b) sagisag ng kalakasan o nangingibabaw na kapangyarihan (Deuteronomio 33:17; 2 Samuel 22:3.)
                (c) sa huli, ang sinuman na sumunggap ng mga sungay ng altar ay ligtas hanggang ang kaniyang kaso ay napagpasyahan ng hukuman (1 Mga Hari 1:50-51; 2:28)
        b. Ang Pag-aalay
            (1) baka na walang bahid ay unang nabanggit unang dahil sa kahalagahan at halaga nito, Levitico 1:3
            (2) lalaking kambing o tupa, 1:10
            (3) mga kalapati o batang kalapati, 1:14 (probisyon para sa kaawa-awa)
        c. Ang lugar ng sinunog na Pag-aalay ay nasa pinto ng Tolda ng Pagtatagpo
        d. Ang pagpapatong ng mga kamay, ito ay tanging para sa mga baka, hindi para sa mga kambing, tupa o mga ibon, 1:4
            (1) ang nag-alay ay ginawa ito para sa kanyang sarili (hindi sa saserdote)
            (2) maraming nadadama na ito ay isang simbolikong pagkilos ng pagsasalin

ng pagkakasala

(3) ng ilang ay naniniwala na ito ay nangangahulugan na

(a) ang hayop na ito ay mula sa partikular na tao

(b) ang pag-aalay ay dapat na ipakilala sa pangalan ng nag-alay

(c) ang bunga ng ganitong pag-aalay ay pag-aari ng isang naglagay ng kaniyang mga kamay sa hayop

e. Pagpatay

(1) baka – "sa harapan ng Panginoon," sa pamamagitan ng taong gumagawa ng pag-aalay. Ang nag-alay ay kailangang patayin, balatan, at paduguin ang hayop. Ang tungkulin ng saserdote (maliban sa pagkakataon ng pangmadlang pag-aalay) ay nagsisimula kapag ang tao ay nagdala ng hayop sa altar.

(2) tupa o kambing, 1:11 – "sa hilagang panig ng altar sa harapan ng Panginoon." Itinatalaga nito ang tiyak na lugar para sa mga mas mababang hayop.

(3) ibon – " Ang saserdote ay pinapatay at inaalay ang ganitong pag-aalay. Ang mag-aalay ay kailangang tanggalin ang balun-balunan ng ibon.

f. Ang Pag-asikaso ng Dugo

(1) mga hayop

(a) Ang saserdote ay tinapon ang dugo salungat sa altar, at dinilig ito sa palibot ng altar.

(b) Ang buhay ng hayop ay nasa dugo (cf. Genesis 9:4; Levitico 17:11). Ang buhay pag-aari na ng Diyos, samakatuwid, ang dugo ay hindi nagpapakilala na bahagi ng kaloob ng tao.

(c) Ang dugo ng ibon ay sinasala sa gilid ng altar at hindi sinusunog sa apoy.

g. Pag-asikaso ng laman

(1) baka, Levitico 1:6

(a) Ang mag-aalay ay ang nagbabalat ng inaalay. Ang saserdote ay maaaring itago ang balat (cf. Levitico 7:8)

(b) Ang mag-aalay ay hinahati ito sa mga piraso

(c) Ang saserdote ay inilalagay ang alay sa altar sa isang pagkakaayos gaya ng ito ay nabubuhay pa

(d) Ang mga paa at mga lamang-loob ay hinugasan ng tubig mula sa ang lababo

(e) Ang saserdote ay sinunog ang buong hayop sa altar

3. Pagkakataon ng mgs Sinunog na Pag-aalay

a. Pista ng Tabernakulo, ng mga Tolda

b. Araw ng Pagtutubos

c. Pista ng mga Linggo, Mga Unang Bunga, o Pentecost

d. Pista ng mga Pakakak

e. Pag-alog ng Bigkis (Levitico 23)

f. Pista of Wala-Libadurang Tinapay, Paskwa

g. Panimula ng mga Buwan, Bagong Buwan

h. Sabbath

4. Kahalagahan ng Sinunog na Pag-aalay

a. Isang kaloob sa Diyos

b. Nakita bilang pinakamahalagang uri ng pag-aalay

c. Ito ay tila tumutukoy sa konsepto ng kasalanan sa pangkahalatan o pasasalamat

d. Pinakaganap na pagpapakilala ng diwa ng paghahain

e. Simbolikong pag-aalay ng buhay ng isang tao
f. Nagpapakilala ng hustong pagtatalaga ng buhay sa isang personal na paglilingkod sa Diyos
g. May baitang na halaga ng pag-aalay
(1) baka
(2) tupa – kambing
(3) mga ibon
h. Ito ay nagpapakita na ang sinuman na may kamalayan sa espirituwal na pangangailangan ay maaaring lumapit sa Diyos. Ang Diyos ay gumawa ng panustos para sa lahat ng tao.

5. Mga Natatanging Alituntunin para sa Saserdote, Levitico 6:8-12
a. Ang sinunog na pag-aalay ay nananatiling ng buong gabi sa apuyan ng altar
b. Ang apoy ay dapat na mapanatiling nagpapatuloy ang pagniningas sa ilalim ng isang sinunog na pag-aalay
c. Mga alituntuning kinapapalooban ng kasuotan ng Saserdote
d. Mga alituntuning kinapapalooban ng pagtanggal ng mga abo

B. Levitico 2:1-16 (6:14-23)
1. Panimula
a. Ang kabanatang ito ay pumapatungkol sa binhing pag-aalay
b. Ang binhing pag-aalay ay mula sa salitang-ugat na nangangahulugang "kaloob." Ito ay naging isang teknikal na termino para sa di-hayop, o mga gulay na kaloob.
c. Pagkatapos ng Pagpapatapon ang binhing pag-aalay ay tila naging isang dagdag sa sinunog na pag-aalay at kapayapaang pag-aalay at ang mga rabbi ay sinasabing ito ay maaaring ihandong ng nag-iisa ng mga lubhang kaawa-awa.
d. Ang asing kasunduan ay nabanggit din sa Bilang 18:19 at 2 Cronica 13:5. Ang asin ay ang kabaliktaran ng libadura. Ito ay ginamit bilang isang sagisag ng kasunduan ng Diyos sapagkat ito ay hindi nabubulok at tumatagal.
2. Ang Binhing Pag-aalay ay kinapapalooban ng isang paggawa na ipinagkaloob ng Diyos.
a. Ito ay isang kaloob sa Diyos mula sa pang-araw-araw na pagkain ng mga tao.
b. Ito sa pangkalahatan ay isang karagdagan (lalo na sa mga panahon pagkatapos ng pagpapatapon) sa sinunog o pangkapayapaang pag-aalay.
c. Ang pag-aalay ay ang panustos ng Diyos para sa saserdote. Tanging isang maliit na bahagi ang sinusunog bilang isang pag-alala ng lahat.
d. Ang salitang "pag-alaala" ay naglalarawan ng inihandog na bahagi, o ang bahagi na nagdudulot ng kabuuan sa harapan ng Panginoon.
e. Ang Bagong Tipang konsepto ng hapunan ng Panginoong bilang "pag-alaala" ay ipinapahayag ang ganitong konsepton ng Lumang Tipan.
f. Ang pagkakaiba sa pagitan ng ang mga terminong "banal" at "kabanal-banalan" ay:
(1) "banal" – saserdote at pamilya ay maaaring kainin ito sa anumang malinis na lugar
(2) "kabanal-banalan" – ay maaaring tanging kainin ng mga saserdote at sa hukuman ng Tolda ng Pagtatagpo
3. Mga Uri
a. harinang di-linuto sa hurno (para sa mayayaman), Levitico 2:1-3
b. linuto sa hurno na mga tinapay o mamon, Levitico 2:4-11
c. luntiang bulit ng mais o trigo (para sa kaawa-awa), Levitico 2:12-16
(1) harinong di-linuto sa hurno ay ang pinakamataas na pag-aalay. Ito ay ang

pinamainam ang harinang trigo
(2) mga mamon na linuto sa hurno
(a) langis ay isang sangkap
(b) inihanda sa hurno, 2:4.
(c) sa isang bakal na panghurno, 2:5.
(d) sa isang lutuang kawali na gawa sa putik, 2:7.
(3) luntiang butil ng mais o trigo
(a) ay kailangang mabilad
(b) dinudurog hanggang sa maging maligagas na pino
(c) inaayos tulad ng isang hapag kainan sa mga bisita
4. Mga Sangkap
a. pinong harina ay tumutumbas sa isang hayop na walang bahid
b. langis ay isang sagisag ng kasaganahan at, samakatuwid, isang sagisag ng presensiya ng Diyos
(1) ginamit para sa pagkain, paghahandog, gamot, at pagpapahid
(2) maaaring paggamit ng langis ay upang ihalili sa pag-aalay ng langis
c. ay kamanyang ay mula sa India o Arabia
(1) nakita bilang isang napakadalisay na bagay na may kahanga-hangang bango
(2) sinasagisag ang panalangin at pagpuri
d. asin
(1) nagbibigay-buhay gayundin naman ay may mga katangiang nagpapanatili
(2) maaaring higit para sa pagsasama-sama sa hapag kaysa para sa pagpapanatili
e. mga sangkap na hindi isinasama
(1) libadura ay di-sinasama, 2:11
(a) maaaring dahil sa pagpapaasim
(b) ang libadura nauugnay sa pagkabulok
(c) ay maaaring ihandog kasama ng unang mga bunga at sa saserdote
(2) ang pulot ay di-sinasama
(a) pulot ay mula sa bunga hindi bubuyog
(b) maaaring dahil sa kaniyang gamit sa Cananeong ritwal
5. Ritwal ng Pag-aalay
a. ito ay dinadala sa saserdote, na nangangalaga sa buong pagdiriwang (2:2, 9, 16)
b. bahagi ng pag-aalay ay kinakait ng saserdote sa santuwaryo. Ito ay kabanal-banalan.
6. Kahalagahan
a. paghahandog mula sa mababa hanggang sa nakatataas
b. ang pagsunog ng isang bahagi nito ay nagpapakilala ng pagtatalaga ng isang bahagi ng pagpapagal para sa Diyos
c. tila kahulugan
(1) sinunog na pag-aalay – pagtatalaga ng buhay ng isang tao
(2) pagkaing pag-aalay – paglalaan ng pang-araw-araw na paggawa
7. Mga natatanging alituntunin para sa Binhing Pag-aalay, Levitico 6:14-23
a. pag-aalay sa harapan ng altar
b. ang paggawa ang naghandog ng kaloob sa Diyos, ngunit sa katotohanan, ito ay tinutulungan ng mga saserdote
C. Levitico 3:1-17 (7:13-34), Kapayapaang Pag-aalay
1. Panimula
a. bakit

(1) pakikipag-isang pag-aalay
(2) kasunduan pag-aalay
(3) pangmaramihang pag-aalay
(4) pangwakas na pag-aalay

b. ito ay nagpapahayag na pasasalamat Diyos dahil sa pagsasama-sama sa Diyos, pamilya, at mga kaibigan
c. ito ay kadalasang ang pangwakas na paggagawa sa isang kalipunan ng mga paghahandog, kung saan ang pagkakasundo ay napagtibay
d. ang sinunog na pag-aalay ay nagpapahayag na halaga ng pagsunod, habang ang kapayapaang pag-aalay ay nagpapahayag ng kaligayahan at kagalakan sa pagsasama-sama sa Diyos
e. lalaki o babae ngunit na walang bahid
f. pagkakaiba-iba ng pag-aalay
   (1) mula sa kawan; lalaki o babae
   (2) ang pagkakaiba na ginawa sa pagitan ng tupa at kambing ay dahil sa taba ng buntot ng tupa
      (a) tupa ng kawan – lalaki o babae
      (b) kambing ng kawan – lalaki o babae

3. Ritwal
   a. pagtatanghal ng pag-aalay
      (1) pagpapatong ng kamay sa pag-aalay
      (2) pinatay ito sa pinto ng Told ng Pagtatagpo
      (3) ang pagkakilanlan ng pag-aalay ay tulad ng sinunog na pag-aalay
      (4) pagwiwisik ng dugo sa palibot sa altar
      (5) pagsunog sa mga piniling bahagi sa altar sa Diyos
         (a) taba (tupa-matabang buntot) sinasagisag kasaganahan
         (b) mga bato, umbok ng atay ay sinasagisag ang luklukan ng kalooban at mga damdamin
         (c) ang mga matatabang bahagi ay inilalagay sa sinunog na pag-aalay ng nag-alay o sa pang-umagang tupang pag-aalay
   b. ang pagpapasalamat na pag-aalay isinama (Levitico 7:11-14)
      (1) walang libadurang mamon na hinaluan ng langis
      (2) walang libadurang apa na pinahiran ng langis
      (3) pinong harina na hinaluan ng langis
4. Ang Bahagi ng Saserdote, Levitico 7:28-34
   a. ang dibdib ay para sa saserdote bilang isang niluglog na pag-aalay
   b. ang pagluglog ay kinapapalooban ng paglalagay ng pag-aalay sa mga kamay ng mag-aalay at sa mga kamay ng saserdote. Pinapakita nito ang pag-aalay na pinagkaloob ng mag-aalay sa Diyos, at pagkatapos, ang pagtanggap nito pabalik sa pamamagitan ng saserdote.
   c. ang kanang hita ay para sa nanunungkulang saserdote
   d. ang itinaas na pag-aalay ay inilagak sa Diyos at tatanggapin pabalik sa pamamagitan ng saserdote
5. Ang Bahagi ng Nag-alay, Levitico 7:15-18
   a. Isang Pasasalamat Pag-aalay ay dapat kainin sa araw ng paghahandog, 7:15
   b. Isang ipinangako (panata) o Kusang-loob na Pag-aalay ay dapat na kainin sa araw ng pag-aalay o sa susunod na araw, 7:16
   c. Ang bahaging ito ay lahat ng hindi ipinagkaloob sa Diyos at sa pamamagitan ng Diyos sa saserdote
   d. Ang Diyos ay simbolikong kumakain kasama ang mag-aalay at kaniyang

pamilya at mga kaibigan sa pag-aalay na ito

e. Ang pag-aalay na ito ay nagbibigay-diin na ang mga pagsasama-samang pakikipag-ugnaya ay napanumbalik

D. Levitico 4:1-5:13 (6:24-30) KASALANANG PAG-AALAY

1. Panimula
    a. Ito ay ang unang pag-aalay kung saan ang katubusan ay ang nangingibabaw na elemento.
    b. Ang pag-aalay na ito ay muli itinatatag ang kasunduan sa pagitan ng tao at Diyos. Ipinanunumbalik nito ang pagsasama-sama.
    c. Ang pag-aalay na ito ay kinapapalooban ng:
        (1) Mga Kasalanan ng kamangmangan
        (2) Mga Kasalanan ng pabababaya
        (3) Mga Kasalanan ng silakbo ng damdamin
        (4) Mga Kasalanan ng pagkalimot
        (5) Hindi nito tinutubos ang mga kasalanang nagagawa nang sinasadya sa pagmamataas na paghihimagsik laban sa Diyos.
            Walang pag-aalay para sa sinadya, pinagplanuhan, pinaghandaang kasalanan (cf. Bilang 15:27-31).
2. Kahulugan
    a. Ang pag-aalay na ito ay nakakapagbaya ng kasalanan at kaparusahan para sa mga kasalanan.
    b. Ito ay kinapapalooban ng biyaya sa bahagi ng Diyos at pananampalataya sa bahagi ng tao.
    c. Walang pag-aalay ang matatamo ang anuman sa pamamagitan ng ritwal pag-aalay lamang. Ito ay ang pananampalataya ng mag-aalay na nasa likod ng pagkilos.
    d. Ngunit, ang pag-aalay ay may higit sa pagpapahayag lamang ng mag-aalay. Ito ay gumagawa ng isang bagay para sa kaniya. Muli nitong pinagtitibay ang pakikipag-ugnayan sa Diyos.
    e. Ang ritwal ay isang kaloob ng Diyos na nangangahulugan ng pagpapanumbalik, hindi isang kahalili para sa personal na pananampalataya.
    f. Napopoot ang Diyos sa anumang pang-relihiyong pagkilos na walang kaakibat na pananampalataya, Isaias 1:10-20; Amos 5:21-24; Mikas 6:6-8.
3. Ang ritwal
    a. Para sa Punong Saserdote, Levitico 3-12
        (1) Punong saserdote – piniling saserdote
            (a) kasalanan, hindi wastong pamumuno sa mga tao
            (b) kasalanan, sa isang personal na kalikasan
            (c) ang punong saserdote, bilang isang espiritwal na kinatawan ng kumunidad. Kung siya ay nagkasala, ang lahat ay nagkasala dahil sa kaniya. Ito ay ang pang-Hudyong kaunawaan ng kabuuan (cf. Joshue 7; taga-Roma 5:12ff).
        (2) Mga pamamaraan
            (a) ang Punong Saserdote ay nagdadala ng isang batang baka na walang bahid sa altar
            (b) kanyang pinapatungan ng kamay ang ulo nito
            (c) ang Punong Saserdote ay pinapatay ang hayop
            (d) ang Punong Saserdote ay winiwisik ang dugo sa talukbong nang pitong beses
                i. linilinis nito ang Tabernakulo

ii simbolikong binubuksan ang daan sa Diyos
iii. ang dugo ay inilalagay sa mga sungay ng kamanyang na altar
iv. ang dugo na nanatili ay binubuhos sa ibaba ng altar ng sinunog na pag-aalay

(e) kaniyang inilagay ang lahat ng taba sa altar upang sunugin
(f) lahat ng natirang hayop ay dadalhin sa labas ng kampo sa isang malinis na lugar, 4:12, kung saan ang mga abo ay binubuhos mula sa altar; doon, ang natirang mga hayop ay sinusunog

b. Para sa Bansa, Levitico 4:13-21
(1) sila ay nagkasala kapag ang kautusan ay hindi naisakatuparan, 4:13-21
(2) mga pamamaraan
(a) ang mga Matatanda (pinuno) ay dinadala isang batang baka na walang bahid sa altar
(b) ang mga Matatanda (pinuno) ay pinapatungan ng kamay sa ulo
(c) ang mga Matatanda (pinuno) ay pinapatay ang hayop
(d) ang Punong Saserdote ay winiwisk ang dugo sa harapan ng talukbong nang pitong na beses
i. linilinis nito Tabernakulo
ii. simbolikong binubuksan ang daan sa Diyos
iii. ang dugo ay inilalagay sa mga sungay ng kamanyang na altar
iv. ang natra ibinubuhos sa ilalim ng altar ng pag-aalay
(e) lahat ng ito ay inaalay sa altar
(f) lahat ng natirang hayop ay dinadala sa labas ng kampo sa isang malinis na lugar, v. 12, kung saan ang mga abo ay binubuhos mula sa altar; doon, ang natirang mga hayop ay sinusunog

c. Para sa pinuno, Levitico 4:22-26
(1) pinuno (namumuno) 4:22-26
(a) pinuno ng angkan
(b) taong may pananagutan sa kumunidad
(c) matanda
(2) mga pamamaraan
(a) ang pinuno ay dinadala ang isang lalaking kambing (matanda, mabalahibong kambing) sa altar
(b) ang pinuno ay nagpapatong ng kamay sa ulo nito
(c) ang pinuno ay pinapatay ang hayop
(d) isang Punong Saserdote ang naglalagay ng dugo sa mga sungay ng altar ng sinunog na pag-aalay – ang natirang dugo ay binubuhos sa ilalim ng altar ng pag-aalay
(e) lahat ng taba ay sinusunog sa altar
(f) mga saserdote ay kinakain ang natira sa laman

d. Para sa pansarili, Levitico 4:27-35
(1) para sa pansarili – kapag nalaman niya na siya ay nagkasala, siya ay dapat gumawa ng ganitong pag-aalay
(2) mga pamamaraan
(a) ang pansarili ay dinadala ang isang babaeng kambing o babae tupa
(b) ang pansarili ay nagpapatong ng kamay sa ulo nito
(c) ang pansarili ay pinapatay ang hayop
(d) isang saserdote ay inilalagay ang dugo sa mga sungay ng altar ng pag-aalay – ang natira ay binubuhos sa ilalim ng altar
(e) lahat ng taba ay inilalagay sa altar at sinusunog

(f) kinakain ng mga saserdote ang natira sa laman

e. Mga natatanging kalagayan na kinapapaloob ng kasalananng pag-aalay, Levitico 5:1-13 (ang mga ito ay tila kinapapalooban ng sinasadyang kasalanan laban sa isang kasama sa kasunduan)
   (1) kung ang isang saksi ay hindi dumating at nagpatotoo (pagkabigo na magbigay ng inpormation), 5:1
   (2) paghipo sa maduming hayop, 5:2
   (3) paghipo sa maduming tao, 5:3
   (4) pagsasalita nang walang pagpapahalaga sa isang sinumpaan, 5:4
   (5) pag-aalay para sa mga kasalanang nasa itaas:
      (a) babae kambing o tupa
      (b) dalawang kalapati o dalawang ibon
      (c) 1/10 ephah pinong harina

f. Pangkasalanag pag-aalay na ritwal, Levitico 6:24-30
   (1) ang saserdote ay maaaring kainin kung ano ang natira
   (2) kung ang dugo ay napunta sa mga damit, kailangang hugasan ang mga damit
   (3) kung ang dugo ay napunta sa mga sisidlang putik, ang sisidlan ay binabasag
   (4) kung ang dugo ay napunta sa sisidlang tanso, ang sisidlan ay huhugasan
   (5) kung ang dugo ng sinunog na pag-aalayay dinadala sa Banak na Dako, ngayon, ang laman ay kailangang masuunog at hindi kakainin ng saserdote

g. Kahalagahan ng kasalanang pag-aalay
   (1) walang pag-aalay para sa pinaghandaang kasalanan – tanging para sa di-sinasadyang kasalanan o mga kasalanan ng kamangmangan, Levitico 4:15,18.
   (2) ano ang kinapapalooban ng kapatawaran:
      (a) ang bahagi ng tao ay pananampalataya
      (b) ang bahagi ng Diyos ay kahabagan

E. Levitico 5:14-19 PAGKAKASALA O PAGLABAG NA PAG-AALAY

1. Panimula
   a. Habang ang Kasalanang Pag-aalay ay tumutukoy sa kasalanang nagawa, ang Pagkakasalang Pag-aalay ay may kinalaman sa pinsalang nagawa nito sa isang pangkasunduang kasamahan at anong pagpapanumbalik ang maaari.
   b. Ang kasalanan at pagkakasalang pag-aalay ay lubhang magkatulad.
   c. Ang karapatan ng isang tao ay naihahayag sa Sampung Utos (Exodo 20; Deuteronomio 5).
      (1) tahanan
      (2) pagtitipon ng mabubuti
      (3) buhay
   d. Ang pag-aalay na ito ay binibigyang-diin ang pinsalang nagawa sa ating kapatid na nagawan ng kasalanan at ang pagpapanumbalik ng halaga ng napinsala na may dagdag na 1/5 na mas higit.

2. Mga Kasalanan na Nangangailangan ng Pag-aalay
   a. laban sa Diyos o anumang galing sa Kaniya
      (1) unang mga bunga
      (2) panganay, Levitico 5:14-16
      (3) ikapu
      (4) di wastong pagkakaloob ng pag-aalay
      (5) mga kaloob na may mas mababang halaga

b. “Kung isang tayo ay nagkasala at does any ng mga bagay which ang Panginoon ay may commanded hindi to be done, though he ay unaware, still he ay guilty, at shall bear kaniyang kaparusahan.”

F. Ang mga sinaunang pag-aalay ay inihahandog upang
1. payapain ang isang nagagalit na diyos
2. pakainin ang isang diyos
3. maikipag-usap sa isang diyos
4. pagpuri sa isang diyos
5. pagyamanin ang kaunawaan ng kapatawaran o pagkakasundo

**50:6** Ito ay isang pangwikaing pagpapatibay kay YHWH bilang Manlilikha at samakatuwid, ang Kaniyang karapatan na magpataw ng kahatulan.

▣ **“ipahahayag ng langit ang kaniyang katuwiran”** Pinapagtibay nito ang “kapahayagan sa kalikasan” (cf. Awit 8:3; 19:1-6; 97:6; gayundin ang tala, Juan 12:7-10).

▣ **“Selah”** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 50:7-15**

**7“Iyong dinggin, Oh aking bayan, at ako'y magsasalita;**
**Oh Israel, at ako'y magpapatotoo sa iyo;**
**Ako'y Diyos, iyong Diyos.**
**8Hindi kita sasawayin dahil sa iyong mga hain,**
**at ang iyong mga handog na susunugin ay laging nangasa harap ko.**
**9Hindi ako kukuha ng baka sa iyong bahay**
**ni ng kambing na lalake sa iyong mga kawan.**
**10Sapagka't bawa't hayop sa gubat ay akin,**
**at ang hayop sa libong burol.**
**11Nakikilala ko ang lahat ng mga ibon sa mga bundok,**
**at lahat ng bagay sa kumikilos sa parang ay akin.**
**12Kung ako'y magutom ay hindi ko sasaysayin sa iyo,**
**sapagka't ang sanglibutan ay akin, at ang buong narito.**
**13Kakanin ko ba ang laman ng mga toro**
**o iinumin ang dugo ng mga kambing?**
**14Ihandog mo sa Diyos ang haing pasasalamat**
**at tuparin mo ang iyong mga panata sa Kataastaasan;**
**15At tumawag ka sa akin sa kaarawan ng kabagabagan;**
**ililigtas kita, at iyong luluwalhatiin ako.”**

**50:7-15** Ang istropang ito ay tila mayroong tatlong pagtuon.
1. isang salita sa Kaniyang mga tagasunod na may ritwal na pag-aangkop
2. isang pagpapatibay ng Kaniyang Pagka-Panginoon sa Kaniyang paglalang, kung saan Siya ay hindi nangangailangan ng mga pantaong pag-aalay, lalo na kung sa pagkakaloob nito, mararamdaman ng mga tao na dapat kumilos is YHWH sa ganang kanila!
3. ang pangngailangan para sa pananampalataya ng puso (cf. Deuteronomio 10:16; Jeremias 4:4), hindi lamang ang ritwal/liturhiya ng sistema sa pag-aalay (cf. Awit 51:16-17; Isaias 1:10-15; Osea 6:6; Amos 5:21-24; Mikas 6:6-8)

**50:7** Ang kasunduan ay tinatawag ang mga tagasunod na pakinggan ang sinasabi ni YHWH.

1. Dinggin – BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS, ang Hukom ay magsasalita
2. Ako ay magsasalita – BDB 180, KB 210, *Piel* PANGPANGKAT
3. Ako ay magpapatotoo laban sa iyo – BDB 729, KB 795, *Hiphil* PANGPANGKAT

▣ Ang talatang ito ay may maraming mga parilala na kilala bilang kasunduang terminolohiya.
1. Aking bayan (cf. Exodo 19:5-6)
2. O Israel (cf. Deuteronomio 6:4-5)
3. Ako ang Diyos, inyong Diyos (cf. Exodo 20:2; kadalasan sa Levitico)

Ang isyu na pinagtutuunan ay ang pangkasunduang pagsunod na pamumuhay, hindi lamang mga pag-aalay. Ang pag-aalay ay isang ritwal na nangangahulugan ng isang banal Diyos na nagpapatawad at nagpapatuloy sa pagsasama-sama sa makasalanang sangkatauhan. Ang puso ay kasing-halaga (cf. Deuteronomio 10:16) ng mismong pagkilos!

**50:10-12** Si YHWH ay pinapagtibay ang Kaniyang pagka-Panginoon sa lahat ng ang paglalang. Pansinin ang inulit paggamit ng "bawat," "lahat ng bagay" (cf. Deuteronomio 10:14; Nehemiah 9:6; Awit 103:19-22).

**50:13** Ang mga pag-aalay ay hindi kailanman nakita sa OT bilang pagkain para sa Diyos.
1. Sa teolohiya ng Mesopotamia, ang mga diyos ay kinakain ang mga handog ng mga tao.
2. Sa Cananeong teolohiya, si *Anath* ay hindi kumakain ng laman at umiinom ng dugo.

Ang isa ay namamangha kung gaano sa kalawak ng talasalitaan (bokabularyo) (hindi teolohiya) ng Israel ang apektado sa una ng Cananeong mitolohiya at sa huling Judaismo ng Zoroastrianong teolohiya.

**50:11 "ang mga mabangis sa parang"** Ang BALANGKAS na ito (BDB 260 I at BDB 961) ay matatagpuan lamang dito at 80:14. Ito ay magkakaagapay sa "mga ibon" at, samakatuwid, ay dapat na ilang uri ng nilalalang (cf. Genesis 1:24-25).
1. mga maliliit na hayop (i.e., mga daga, mga dagang-bukid, mga lobo, atbp.)
2. mga insekto

Kung anuman sila, sila ay isang halimbawa ng pagmamay-ari ni YHWH sa lahat ng mga nilalang sa planetong ito (cf. v. 10a).

**50:14-15** Ang huling dalawang mga talata na ito istropa ay paglalarawan sa kung anung mga bagay ang dapat gawin ng mga tagasunod na nakakiling sa ritwal, na hindi tuwirang may kaugnay sa mga pag-aalay ng Levitico 1-7.
1. handog para sa Diyos na isang pag-aalay ng pasasalamat – BDB 256, KB 261, *Qal* PAUTOS; ito ay maaaring inaasahang katuparan ng isang panata, cf. Awit 66:13-15
2. tuparin mo ang iyong mga panata sa Kataas-taasan – BDB 1022, KB 1532, *Piel* PAUTOS (Bilang 30; Deuteronomio 23:21; Awit 22:25; 56:12; 61:8; 65:1; 71:11)
3. manawagan sa Akin (i.e., panalangin) sa panahon ng pagkabagabag – BDB 894, KB1128, *Qal* PAUTOS

Kung ginagawa nila ang mga bagay na ito, ngayon, si YHWH ay "ililigtas" (i.e., "hahanguin," BDB 322, KB 321, *Piel* DI-GANAP) ang bawat isang. Pagkatapos, ang bawat isa ay "dadakilain" ang Diyos (BDB 457, KB 455, *Piel* DI-GANAP).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 50:16-21**

**[16]Nguni't sa masama ay sinasabi ng Diyos,**
**"Anong iyong gagawin upang ipahayag ang aking mga palatuntunan**
**at iyong kinuha ang aking tipan sa iyong bibig?**

**[17]Palibhasa't iyong kinapopootan ang pagtuturo,**
**at iyong iniwawaksi ang aking mga salita sa likuran mo.**
**[18]Pagka nakakita ka ng magnanakaw, nalulugod ka sa kaniya,**
**at naging kabahagi ka ng mga mapangalunya.**
**[19]Iyong ibinubuka ang iyong bibig sa kasamaan**
**at ang iyong dila ay kumakatha ng karayaan.**
**[20]Ikaw ay nauupo, at nagsasalita laban sa iyong kapatid;**
**iyong dinudusta ang anak ng iyong sariling ina.**
**[21]Ang mga bagay na ito ay iyong ginawa, at ako'y tumahimik;**
**iyong inisip na tunay na ako'y gayong gaya mo;**
**nguni't sasawayin kita, at aking isasaayos sa harap ng iyong mga mata."**

**50:16-21** Ang istropang ito ay nakatuon sa mga tagasunod na walang pananampalataya, dito tinatawag na "ang masama" (BDB 957). Sila ang mga lalaki/babae/kabataan ng kasunduang bayan, sa pamamagitan ng kanilang mga salita, mga gawa, at di-pagsasama, na nagpapakita ng kanilang mapanghimagsik, makasariling pagkiling (i.e., paglabag sa tatlo ng Sampung Utos).

1. ipinapahayag nila ang Diyos at ang Kaniyang kasunduan ngunit winawalang-bahala ito, v. 16 (i.e., maaaring pag-uulit ng mga pangkasunduang talata o ritwal ngunit walang pananampalataya at pagsasabuhay)
2. napopoot sila sa pangangailangan nito at winawalang-bahala sila (i.e., "iyong iniwawaksi ang aking mga salita sa likuran mo"; sila ay mga praktikal na ateista), v. 17; cf. Nehemiah 9:26
3. hindi lamang hindi sila natitisod sa mga gawang masasama, sila ay kasama sa kanilang gumagawa nito, v. 18 ("sa kanilang mga bunga. . .," Mateo 7:16-20; 1 taga-Corinto 15:33)
4. kanilang mga salita ay naghahayag ng kanilang mga puso, vv. 19-20 (cf. Mateo 12:33-37)
5. iniisip nila na ang pagtitiis ni YHWH sa ka nila ay isang pagpapatibay (cf. Ecclesiastes 8:11; Isaias 57:11)

Ngunit si YHWH ay kikilos.

1. Sasawayin kita – BDB 406, KB 410, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
2. aking isasaayos sa harap ng iyong mga mata – BDB 789, KB 884, *Qal* PANGPANGKAT, i.e., paghahanda sa isang legal na asunto, cf. Job 13:18; 23:4; 32:14; 33:5

**50:18**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"nalulugod ka sa kaniya"** |
| **NKJV** | **"pumipisan ka sa kaniya"** |
| **NRSV, TEV, NJB** | **"nakikipagkaibigan ka sa "** |
| **LXX** | **"sumasama ka sa kaniya"** |
| **JPSOA** | **"nahulog ka kasama niya"** |
| **REB** | **"pinili mo siya bilang kaibigan"** |

Ang MT ay may "nalulugod" (BDB 953, KB 1280, *Qal* DI-GANAP na may *waw*). Ang LXX, Siryano, at Vulgato ay may, "tumatakbong kasama" o "sumasama," na tila umaakmang mas mainam sa pagkakaagapay. Ang UBS Text Project ay binibigyan ang pagsasalita ng MT ng isang "B" na antas (ilang pagduruda).

**50:19**

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"lahat ng bagay sa kumikilos sa parang ay akin"** |
| **NKJV** | **"ang mga mabangis na hayop sa parang ay akin"** |
| **TEV** | **"ang lahat na nabubuhay"** |
| **NJB** | **"anumang gumagalaw sa ilang"** |

**JPSOA** **"mga nilalang sa ilang"**
**REB** **"ang masaganang buhay sa parang"**

Ang MT ay may "gumagawag na mga bagay sa parang" (BDB 265 I BALANGKAS BDB 961). Ang unang salita ay ginamit tanging dito at sa Awit 80:13. Ito ay tila tumutukoy sa "pagsagana ng mga bagay" ng Genesis 1:24-26.

**50:21 "iyong inisip na tunay na ako'y gayong gaya mo"** Ang pariralang ito ay pinapatindi ng PANDIWA "ay" sa kapwa isang PAWATAS NA BALANGKAS at isang DI-GANAP NA PANDIWA.

Ang mga mananampalataya pang-paligid ay palaging inaakala na sila ay nakakatiyak at ang kanilang pananampalataya ay tulad ng sa Diyos. Ang kapahayagan ay ang huling tagahatol! Ang mga nalugmok na mga tao, kahit na ang pangkasunduang bayan, ay hindi nauunawaan ang Diyos o ang Kaniyang salita, ngunit iniisip nila na ginagawa nila! Para sa sakin, bilang isang guro ng Bibliya, ito ay napakahalaga na aking pinapanatili ang isang natuturuan, nagsisisi, magpagpakumbabang espiritu. Ang aking teolohiya ay hindi teolohiya ng Diyos. Siya ay hindi bahagi ngaking tradisyon. Lagi kong tatandaan na ang lahat ng mga tao ay

1. nakakondisyon sa kasaysayan
2. makasalanan, napahamak na mga tao
3. madaling kapitan ng dogmatismo at kayabangan

Mas marami kang nalalaman, mas malalaman mo na hindi mo alam!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 50:22-23**
[22]**"Gunitain nga ninyo ito, ninyong nangakalilimot sa Diyos,**
**baka kayo'y aking paglurayluray in at walang magligtas.**
[23]**Ang naghahandog ng haing pasasalamat ay lumuluwalhati sa akin;**
**at sa kaniya na nagaayos ng kaniyang pakikipagusap**
**aking ipakikita ang pagliligtas ng Diyos."**

**50:22-23** Ito ay isang buod na pahayag na may isang mensahe para sa kapwa mga tagasunod na may pagkiling sa ritwal (sa pamamagitan ng kahihinatnan) at ang walang pananampalataya mga tagasunod (tuwirang pahayag). Kapwa dapat "isaalang-alang" (BDB 106, KB 122, *Qal* PAUTOS).

1. sa masama
   a. sa kanilang nakakalimot Diyos, v. 22a
   b. ang kahatulan ay darating at walang magliligtas, v. 22b
2. para sa matapat na inihahambing
   a. na naghahandog ng isang pag-aalay ng pasasalamat, v. 23a (cf. v. 14a)
   b. na lumuluwalhati sa Aking, v. 23a (cf. v. 15b)
   c. kaniya na nagaayos ng kaniyang pakikipagusap

Wawasakin ni YHWH ang masama (v. 22b), ngunit ililigtas ang matapat (v. 23c).

**50:22b "baka kayo'y aking paglurayluray in"** Ito ay paglalarawan kay YHWH bilang isang leon (cf. Awit 7:2; 17:12; Osea 5:14; tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Leon sa OT at sa Awit 7:2). Mayroong isang napakasakit na kahihinatnan ang paghihimagsik at nagpapatuloy na kawalang pananampalata! Ang katarungan ay hindi walang kahihinatnan!

▣ **"at walang magligtas"** Kung ang Diyos ay laban sa atin, sino ang tutulong sa atin?! Siya at Siya lamang ang makakapagligtas. Ang katulad na konsepto ay inihahayag nang paayon sa taga-Roma 8:31-39.

**50:23b** Ito ay isang may kalabuang linya ng tulaan. Sa literal, ito ay "pagtatalaga ng daan." Ang

PANDIWA (BDB 962, KB 1321) ay may isang malawak an semantikong paggamit. Karamihan ng mga saling Ingles ay kinukuha ito na bilang tumutukoy sa isang maka-Diyos, kasunduan, masunuring pamumuhay. Ito ay tiyak na maaaring tumutukoy sa isang nararapat na pag-aalay!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano mo bibigyan ng pamagat ang Awit na ito?
2. Anong dalawang uri ng pangkasunduan bayan na natalakay? (vv. 7-15, 16-21)
3. Sino ang inuusig?
4. Ang pag-aalay ba ay mali?
5. Ano ba ang ibig sabihin ng, “Tumahimik ba ang Diyos?” Bakit nanatiling tahimik ang Diyos? (v. 21)

# AWIT 51

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Panalangin ng Nagsi-sising Makasalanan para sa Pagpapataawad<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit. Isang Awit ni David, nang si Nathan ang propeta, ay pumunta sa kaniya, pagkata-pos ng ginawa niya kay Bathsheba. | Isang Panalangin of Pagsi-sisi | Isang Panalangin para sa Kagalingan at Pagbabagong-Ugali | Isang Panalangin para sa Pagpapatawad | Isan Panalangin ng Pagsisisi |
| 51:1-4 | 51:1-2 | 51:1-2 | 51:1-2 | 51:1-2 |
| | 51:3-4 | 51:3-5 | 51:3-5 | 51:3-4b |
| | | | | 51:4c-5 |
| 51:5-9 | 51:5-6 | | | |
| | | 51:6-9 | 51:6-9 | 51:6-7 |
| | 51:7-9 | | | |
| | | | | 51:8-9 |
| 51:10-13 | 51:10-11 | 51:10-12 | 51:10-13 | 51:10-11 |
| | 51:12-13 | | | 51:12-13 |
| | | 51:13-14 | | |
| 51:14-17 | 51:14-17 | | 51:14-15 | 51:14-15 |
| | | 51:15-17 | | |
| | | | 51:16-17 | 51:16-17 |
| 51:18-19 | 51:18-19 | 51:18-19 | 51:18-19 | 51:18-19 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakababahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isang Awit ng Pagsisisi, cf. Awit 6; 32; 38; 51; 102; 130; at 143. Awit 51 ay maaaring magkaugnay sa Awit 32, i.e., maaaring sa kasalanan ni David; Ang Awit 32 ay maaaring naisulat sa huling bahagi ng buhay ni David.

B. Bagaman ang panimula ng Awit 51 sa MT ay isang mas huling karagdagan, ito ay tiyak na nagpapakilala ng paksang aralin ng Awit na ito. Para sa isang mas buong kaunawaan ng kaligiran, basahin ang 2 Samuel 11 at 12.

C. Si David, bilang Hari ng Israel, ay ang opisyal na kinatawan ng Diyos sa Kaniyang mga tao. Kaniyang pinagtaksilan ang banal na pagtitiwalang ito. Hindi niya tinawag na "YHWH" ang Diyos sa Awit na ito (ngunit ito ay katangian ng Aklat II ng Awit). Gayunman, siya ay sumasamo sa di-nagbabagong katangian ng Diyos ng pag-ibig at kahabagan (cf. Malakias 3:6) habang kaniyang itinatapon ang kaniyang sarili, na walang paumanhin, sa kamay ng Diyos.

Walang pag-aalay sa OT para sa sinasadya, pinagplanuhang kasalanan (cf. Levitico 4:2, 22, 27; 5:15-18; 22:14).

1. nagnasa sa asawa ng iba
2. pilitin siyang gumawa ng pangangalunya
3. nagsinungalin sa asawa na isang pangmaharlikang sundalo
4. may ibang (i.e., panloloko sa hukbo ng Israel) pumatay sa kaniya
5. sinubukang pagtakpan ang buong bagay sa halip na magsisi

D. Pansinin ang maraming iba't-ibang kapahayagang ginamit magpakilala ng "kapatawaran."

1. pinawi – vv. 1, 9
2. hugasan – vv. 2,9
3. linisin – v. 2
4. dalisayin – v. 7
5. ikubli ang Iyong mukha – v. 9
6. iligtas – v. 14

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 51:1-4**

**[1]Maawa ka sa akin, Oh Diyos, ayon sa iyong kagandahang-loob;**
**ayon sa karamihan ng iyong malumanay na mga kaawaan**
**ay pinawi mo ang aking mga pagsalangsang.**
**[2]Hugasan mo akong lubos sa aking kasamaan**
**at linisin mo ako sa aking kasalanan.**
**[3]Sapagka't kinikilala ko ang aking mga pagsalangsang,**
**at ang aking kasalanan ay laging nasa harap ko.**
**[4]Laban sa iyo, sa iyo lamang ako nagkasala**
**at nakagawa ng kasamaan sa iyong paningin,**
**upang ikaw ay ariing ganap pag nagsasalita ka**

| at maging malinis pag humahatol ka. |
|---|

**51:1-2** Pansinin ang pampanitikang pagdaloy ng istropang ito, na tumutukoy sa pagsisisi ng isang mananampalataya sa nahayag na kasalanan. Mayroong apat (maaaring lima, *Qere*) MGA PAUTOS NG KAHILINGAN.

1. maawa ka sa akin – BDB 335, KB 334, *Qal* PAUTOS; ito ay isang inuulit na kahilingan sa panalangin (cf. Awit 4:1; 6:2; 9:13; 25:16; 26:11; 27:7; 30:10; 31:9; 41:4,10; 56:1; 57:1 [dalawang beses] atbp.) sa isang mapagbiyayang Diyos (BDB 337, cf. Awit 86:15; 103:8; 111:4; 116:5; 145:8; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:10b)
   a. sang-ayon sa Iyong kagandahang-loob (BDB 338, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7)
   b. sang-ayon sa kadakilaan ng Iyong pag-ibig (i.e., BALANGKAS BDB 913 at BDB 933, cf. Awit 25:6; 69:16; 119:156; 145:9)
2. pinawi mo ang aking mga pagsalangsang – BDB 562, KB 567, *Qal* PAUTOS, cf. v. 9, kadalasang ang salita ito ay ginamit sa mga nagwawasak ng makasalanan (cf. Awit 9:5; 69:28; 109:13) mula sa buhay at aklat ng buhay (cf. Exodo 32:32-33; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5)

   Ang konseptong ito ng "naranasang" kapatawaran at pagpapanumbalik sa maka-Diyos na pagsasama-sama ay matatagpuan din sa NT, lalo na sa Hebreo 9:14; 1 Juan 1:7,9.

   Ang magkakatulad na tatlong MGA PANGNGALAN para sa "kasalanan" ay matatagpuan din Exodo 34:7. Nakakawili na ang PANDIWANG "pinawi" ay matatagpuan sa Exodo 32:32-33. Maaaring ang salmista ay may aklat ng Exodo sa kaisipan.

   Ang PANDIWA ay matatagpuan din sa Isaias 43:25; 44:22. Nagpapahayag ito ng dakilang katotohanan na kapag ang Diyos ay nagpatawad, ang Diyos lumilimot—tingnan ang Isaias 1:18; 38:17; 43:25; 44:22; Mikas 7:19. Maraming iba't-ibang mga talinghaga ang ginamit ngunit lahat ay nagmumungkahi ng "wala sa pananaw, wala sa kaisipan."

   Sa ANE, ang tinta ay maasido. Kapag ang isa ay nagsulat sa isang pahina ng papyrus ng dagtang tinta mula sa materyal ng halaman, ay maaaring hindio na maaaring mabura. Ang magbura ng isang bagay ay isang himala ng Diyos, katulad ng paghuhugas ng isang nakulayang puting tela (cf. Isaias 1:18) ay imposible din (i.e., no bleach available). Ang kapatawaran ay isang himala ng Diyos!
3. hugasan ako – BDB 460, KB 459, *Piel* PAUTOS, tanging dito lamang sa ang Awit at *Piel* DI-GANAP sa Awit 51:7; ginagamit na may kadalasan sa Levitico para sa pangritwal na paghuhugas
4. "lubos" (MT ay may isang *Hiphil* PAWATAS NA LUBUSAN, ngunit ang mga Masoretikong Hudyong iskolar ay nagmumungkahi ng isang pagbabago sa isa pang PAUTOS) – BDB 915, KB 1176, *Hiphil* PAUTOS
5. linisin ako – BDB 372, KB 369, *Piel* PAUTOS, tanging dito sa Awit, at *Qal* DI-GANAP sa 51:7; ginamit kadalasan sa Levitico para sa isang bagay na ipinahayag na malinis na.

**51:1 "mga pagsalangsang"** Mayroong maraming mga terminong para sa pantaong paghihimagsik laban sa Diyos ang natagpuan sa istropang ito.

1. pagsasalansang, 51:1,3 – BDB 833, cf. Isaias 59:12-13; Amos 5:12; Mikas 1:5 (dalawang beses),13; ang pangunahing kahulugan nito ay paghihimagsik o pag-aaklas laban sa Diyos
2. katampalasan, vv. 2,5,9 – BDB 730, cf. Awit 32:5 (tatlong beses), ginamit kadalasan sa Isaias, Jeremias, at Ezekiel
3. kasalanan, vv. 2,9,13 – BDB 308, cf Awit 32:5 (dalawang beses), ang pangunahing kahulugan nito ay "pumalya"; ang saligang salitang-ugat ay kadalasang ginamit sa isang "pangkasalanang pag-aalay"
4. kasamaan, v. 4 – BDB 948 II, napakakaraniwang salita, cf. Awit 5:4; 7:4,9; 10:6,15; 23:4;

34:13,14,16; 36:4; 37:27; 41:5; 49:5; 52:3; 54:5, atbp.

Ang isa ay maaaring masabi kung gaano kahalaga ang isang konsepto ay sa isang kultura/ wika sa pamamagitan ng dami ng mga terminong ginamit upang ipahayag o linawin ang konsepto. Hebreo ay may maraming mga salita para sa kasalanan/paghihimagsik laban sa Diyos.

▣ **"kasalanan"** Ang PAMBABAENG PANGNGALAN (BDB 308) ay matatagpuan sa 51:2,3,9,13. Ang PANGLALAKING PANGNGALAN (BDB 307) ay sa 51:5,9. Ang PANDIWA (BDB 306, KB 305) ay sa 51:4,7.

**51:3-4** Ang mga talatang ito ay inihahayag ang mga panloob na kahihinatnan ng kasalanan at ang kahila-hilakbot na pagkabuwag ng pagsasama-sama sa Diyos.

1. "kinikilala ko ang aking mga pagsalangsang" – Sila ay hindi mga kasalanan ng kamangmangan ngunit ng bukas na paghihimagsik.
2. "ang aking kasalanan ay laging nasa harap ko" – Ang pagkakasala ay hindi maaaring pagaanin o bawasan. Ito ay isang nagpapatuloy na paalala ng nabaling pagsasama-sama at mga kahihinatnan nito.
3. "Laban sa iyo, sa iyo lamang ako nagkasala" – Ito ay isang teolohikong kapahayagan (cf. Genesis 20:6; 2 Samuel 12:13; Awit 41:4). Ang kasalanan ay tanging nalalaman lamang kapat ang pagkilos ay inuukol laban sa isang maka-Diyos na kautusan (cf. taga-Roma 3:20,25; 4:15; 5:13,20; Mga Gawa 17:30).

   Ito ay hindi upang pababain ang sakit ng mga biktima ngunit upang itala na sa katapusan, ang lahat ng kasalanan ay laban sa isa at tanging Banal na Diyos!

**51:4c-d** Ang TEV ay nakuha ang kahulugan ng dalawang mga linya ng tulaan.

"Kaya ikaw ay tama sa paghatol sa akin; ikaw ay makatuwiran sa pagparusa sa akin."

Ito ay sinipi ni Pablo mula sa ang LXX sa taga-Roma 3:4. Ito ay pinasimulan ng "ang Dios ay tapat, datapuwa't ang bawa't tao'y sinungaling."

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 51:5-9**

**5 Narito, ako'y inanyuan sa kasamaan,**
**at sa kasalanan ay ipinaglihi ako ng aking ina.**
**6 Narito, ikaw ay nagnanasa ng katotohanan sa mga loob na sangkap,**
**at sa kubling bahagi ay iyong ipakikilala sa akin ang karunungan.**
**7 Linisin mo ako ng hisopo, at ako'y magiging malinis;**
**hugasan mo ako at ako'y magiging lalong maputi kay sa nieve.**
**8 Pagparinggan mo ako ng kagalakan at kasayahan,**
**upang ang mga buto na iyong binali ay mangagalak.**
**9 Ikubli mo ang iyong mukha sa aking mga kasalanan**
**at pawiin mo ang aking lahat na mga kasamaan.**

**51:5** Ang talatang ito ay maaaring kasama ng mga talata 1-4. Ito ay hindi isang pangangatuwiran ngunit nakakahindik na katotohanan ng kalagayan ng nalugmok na sangkatauhan (cf. Genesis 8:21; 1 Mga Hari 8:46; Job 14:1-4; 15:14; 25:4; Awit 58:3; Kawikaan 20:9; Isaias 48:8; taga-Roma 3:9-18,23; taga-Efeso 2:3; lahat ng ipinahayag na katotohanan ng pagkalugmok ng sangkatauhan sa Genesis 3. Ito ay totoo na karamihan ng mga rabbi ay binibigyang-diin ang pinagmulan ng kasalanan gaya ng Genesis 6. Ang Apostol Pablo ay ang NT may-akda na tumutuon sa Genesis 3 bilang pinagmulan ng kasalanan at mga kahihinatnan nito).

Para sa akin, ang teolohikong isyu ay ang pagkamakasalanan ng mga anak bago sa edad ng moral na pananagutan. Ang Calvinismo ay may pagbibigay-diin sa lubos na kasamaan ng

sangkatauhan, sa lahat ng mga dako, mula sa kapanganakan hanggang kamatayan. Ako ay mas naaakit sa konsepto ng may kabatirang pangtaong pagpapasiya. Ito ay nangangahulugang hanggang ang isang bata ay nalaman na siya ay lumabag sa kautusan ng Diyos, sila ay hindi! Ang kasalanan ay kinapapalooban ng bukas-matang paghihimagsik! Tayo ay mga makakasalanan kay Adan/Eba (cf. taga-Roma 5:12-21) at gayundin, tayo pumiling magkasala. Kapwa ay totoo!

**51:6-9** Ang salmista ay humihiling sa Diyos na ipanumbalik siya sa kaniyang naunang lugar/kalagayan ng pagsasama-sama. Kinilala niya ang kaniyang kasalanan (51:3-4) at humiling para sa kapatawaran (51:1-2). Ang istropang ito ay inuulit ang mga ito.

1. kilalanin ang kaniyang mga kasalanan
   a. v. 5
   b. dalawang MGA PAUTOS
      (1) "Ikubli mo ang iyong mukha sa aking mga kasalanan" – BDB 711, KB 771, *Hiphil* PAUTOS
      (2) "pawiin mo ang aking lahat na mga kasamaan" – tulad ng v. 1 (ang "aklat ng Diyos" ay nabanggit din sa Awit 139:16, tingnan ang tala sa "lihim" sa ibaba)
2. naghahangad ng kapatawaran
   a. Diyos ay naghahangad ng "katotohanan sa kaloob-looban" (BDB 711, tingnan ang paggamit ng "lihim" [BDB 712] sa Awit 139:15)
   b. Gawin nawa ng Diyos na malaman ang katotohanan
   c. mga kahilingan sa panalangin (6 NA MGA DI-GANAP)
      (1) linisin ako – BDB 306, KB 305, *Piel* DI-GANAP
      (2) ako'y magiging malinis – BDB 372, KB 369, *Qal* DI-GANAP (i.e., bunga ng pagiging dalisay)
      (3) hugasan ako – BDB 460, KB 459, *Piel* DI-GANAP
      (4) ako'y magiging lalong maputi kay sa nieve – BDB 526, KB 517, *Hiphil* DI-GANAP (i.e., bunga ng nahugasan, cf. Isaias 1:18)
      (5) Pagparinggan mo ako ng kagalakan (BDB 965) at kasayahan (BDB 970) – BDB 1033, KB 1570, *Hiphil* DI-GANAP
      (6) ang mga buto. . .mangagalak – BDB 162, KB 189, *Qal* DI-GANAP ("mga nabaling buto" ay isang OT wikain ng maka-Diyos na kahatulan, cf. Isaias 38:13; Panaghoy 3:4)

Ang salmista ay labis na nagnanais na ang matalik na pagsasama-sama na nalaman niya sa Diyos, na nasira ng kaniyang kasalanan, ay maipanumbalik sa pamamagitan ng biyaya at kahabagan ng Diyos.

**51:6 "nagnanasa"** Ang PANDIWANG ito (BDB 342, KB 339, *Qal* GANAP) ay inamit sa talata 6 kung saan "ninanais" ng Diyos (i.e., katotohanan sa kaloob-looban) at sa 51:16 kung saan hindi Niya ninanais (*Qal* DI-GANAP, i.e., mga pag-aalay na walang interesado o pag-aalay para sa mga sinasadyang kasalanan).

**51:7 "hisopo"** Ang maliit na halaman sa disyerto (BDB 23) na ginamit sa isang kumpol upang ipangwisik ng mga likido para sa mga seremonyang pang-ritwal.

1. dugo ng pang-paskuwang tupa sa haligi ng pintuan ng tahanan – Exodo 12;21-22
2. seremonya para sa paglilinis ng ketongin – Levitico 14:4,6 (para sa mga ketonging gusali, Levitico 14:19,51,52)
3. may kaugnayan sa ritwal ng pagsusunog ng Pulang Baka (i.e., mga abo ng paglilinis) – Bilang 19:6,18
4. may kaugnayan kay Moises na winiwisikan ang aklat ng kautusan – Hebreo 9:19, cf. Exodo 24:6-8

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 51:10-13**

[10]**Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Diyos,**
**at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko.**
[11]**Huwag mo akong paalisin sa iyong harapan**
**at huwag mong bawiin ang iyong santong Espiritu sa akin.**
[12]**Ibalik mo sa akin ang kagalakan ng iyong pagliligtas**
**at alalayan ako ng kusang espiritu.**
[13]**Kung magkagayo'y ituturo ko sa mga mananalangsang ang iyong mga lakad,**
**at ang mga makasalanan ay mangahihikayat sa iyo.**

**51:10-13** Ang istropang ito rin ay may maraming mga kahilingan sa panalangin (MGA PAUTOS, MGA PANGKAUTUSAN) na tumatawag para sa isang personal pagpapanibago ng pananampalataya. Ito ay kailangang tugdin ng makapangyarihang mga gawa ng Diyos, ngunit ang salmista ay kailangang iharap ang kaniyang sarili para sa ito maisakatuparan

1. likhaan mo ako ng isang malinis na puso – BDB 135, KB 153, *Qal* PAUTOS, cf. Ezekiel 36:26-27; siya ay nagnanais ng isang himala o panibagong paglikha (*bara* ginamit tanging sa Diyos, Genesis 1:1)
2. magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko – BDB 293, KB 293, *Piel* PAUTOS, cf. Awit 78:37
3. Huwag mo akong paalisin sa iyong harapan – BDB 1020, KB 1527, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. 2 Mga Hari 13:23 at negatibo in 2 Mga Hari 24:20; Jeremias 7:15
4. huwag mong bawiin ang iyong banal na Espiritu sa akin – BDB 542, KB 534, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Isaias 63:10,11; Ezekiel 36:26-27
5. Ibalik mo sa akin ang kagalakan ng iyong pagliligtas – BDB 996, KB 1427, *Hiphil* PAUTOS
6. alalayan ako ng kusang espiritu – BDB 701, KB 759, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan na umaakma sa #3,4

Pansinin ang pagbibigay-diin sa panloob, personal na aspeto ng pananampalataya (i.e., Isaias 26:9). Ang bunga nitong espiritwal na pagpapanibago ay

1. Kung magkagayo'y ituturo ko sa mga mananalangsang ang iyong mga lakad – BDB 540, KB 531, *Piel* PANGPANGKAT; tingnan ang pagsasama-sama at karunungan ng Diyos ay kailangang nasa una, cf. Ezra 7:10
2. ng mga makasalanan ay mangahihikayat (sa literal "babalik") – tulad ng PANDIWA gaya ng 51:12a, "na ipanumbalik," ngunit *Qal* DI-GANAP

**51:10 "puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 4:7. Ang natatanging paglalang ng sangkatauhan sa ang larawan at wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27) at personal na "pagbubuo" ng Diyos (Genesis 2:7), ay ginagawa siyang isang

1. pisikal na nilalang, tulad ng ibang mga hayop sa planetang ito (cf. *nephesh*)
2. espiritwal na nilalang, natatanging umaakma para sa pagsasama-sama sa Diyos; ang espiritwal na aspetong ito ay umaayon sa maraming mga talinghaga/mga pagtutulad/mga termino
   a. puso, i.e., Awit 36:1; 39:3; 55:4; 109:22
   b. mga kaloob-looban, i.e., Awit 22:14; Jeremias 4:19; 31:20; Panaghoy 1:20; 2:11
   c. espiritu, i.e., Isaias 57:16; Zacarias 12:1
   d. mga kaisipan, Awit 94:19

▣ **"espiritu"** Ang termino (BDB 924) ay ginamit maraming na beses sa ang Awit na ito.

1. "isang matuwid na espiritu," 51:10
2. "Iyong Banal na Espiritu," 51:11

3. “isang kusang espiritu, 51:12
4. “isang bagbag na espiritu, 51:17

**NATATANGING PAKSA: ESPIRITU SA BIBLIYA**

I. Ang mga Griyegong termino
   A. *pneō*, umihip
   B. *pnoē,* hangin, hininga
   C. *pneuma***,** espiritu, wind
   D. *pneumatik*os**,** pertaining sa espiritu
   E. *pneumatikōs,* spiritually
II. Ang Griyegong pilosopikong kaligiran (*pneuma*)
   A. Si Aristotle ay ginamit ang termino bilang pwersa ng buhay na lumalago mula sa kapanganakan hanggang sa pansariling disiplina
   B. Ang Stoics ay ginamit ang termino bilang kasingkahulugan ng *psuchē*, (kaluluwa), kahit na ang *nous* (kaisipan) sa kaunawaan ng limang pisikal na mga kaunawaan at ang pantaong karunungan
   C. Griyegong kaisipan – ang termino ay naging katumbas sa maka-Diyos na pagkilos (i.e., panghuhula, mahika, okulto, propesiya, atbp.)
III. Lumang Tipan (*ruah*)
   A. Ang mga pagkilos ng monoteistikong Diyos (i.e., Espiritu, ginamit ng halos 90 na beses sa OT)
      1. positibo, Genesis 1:2
      2. negatibo, 1 Samuel16:14-16,23; 1 Mga Hari 22:21-22; Isaias 29:10
   B. Ang pwersa ng buhay na pinagkaloob ng Diyos sa sangkatauhan (i.e., hininga ng Diyos, cf. Genesis 2:7)
   C. Ang Septuagint isinasalin ang *ruah* sa *pneuma* (ginamit ng halos 100 na beses sa LXX)
   D. Sa huling mga rabinikong sulat, apokaliptikong sulat at ang Dead Sea Scrolls, na naimpluwensiyahan ng Zoroastrianismo, ang *pneuma* ay ginamit sa mga anghel at mga demonyo
IV. Bagong Tipan (*pneuma*)
   A. Ang natatanging presensiya, kapangyarihan, at pagtutustos ng Diyos
   B. Ang Espiritu ay kaugnay sa gawaing ng Diyos sa iglesiya
      1. propesiya
      2. mga himala
      3. katapangan sa paghahayag ng ebanghelyo
      4. karunungan (i.e., ang ebanghelyo)
      5. kaligayahan
      6. pagdadala sa bagong panahon
      7. pagbabagong-buhay (i.e., pagsusumamo at pananahan)
      8. pagiging kawangis ni Kristo
      9. natatanging mga kaloob ng gawain o ministeryo
      10. pananalangin para sa mga mananampalataya

      Ang Espiritu ay ginigising pagnanais ng sangkatauhan para sa pagsasama-sama sa Diyos, kung saan sila ay nilalang. Ang pagsasama-samang ito ay maaari dahil sa persona at gawain ni Hesus, Mesias ng Diyos. Ang bagong espiritwal pagkakagising ay nagdudulot ng pamumuhay, paglilingkod, at pagtitiwala na katulad ng kay Kristo.
   C. Pinakamainam na mauunawaan bilang isang espiritwal na pagpapatuloy sa Banal na Espiritu sa isang dulo at sangkatauhan bilang isang pisikal na nilalang sa planetang ito,

ngunit isang espiritwal na nilalang din sa larawan ng Diyos, sa kabilang dulo.

D. Si Pablo ay ang NT may-akda na nagpalago ng isang teolohiya ng Espiritu/espiritu.
   1. Ginagamit ni Pablo ang Espiritu upang ipag-iba sa laman (i.e., makasalang likas)
   2. Ginagamit ni Pablo ang espiritu upang ipag-iba sa pisikal
   3. Ginagamit ni Pablo Espiritu/espiritu upang ipag-iba sa pag-iisip, kaalaman at pagkanilalang ng tao

E. Ang ilang mga halimbawa mula sa 1 taga-Corinto
   1. ang Banal na Espiritu, 12:3
   2. ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos ay inihahatid sa pamamagitan ng Banal ng Espiritu, 2:4-5
   3. mga pagkilos ng Diyos sa mananampalataya
      a. bagong kaisipan, 2:12; 14:14,32
      b. bagong templo, 3:16; 6:19-20
      c. bagong buhay (i.e., moralidad), 6:9-11
      d. bagong buhay na sinasagisag sa bautismo, 12:13
      e. kasama ng Diyos (i.e., pagbabagong-loob), 6:17
      f. karunungan ng Diyos, hindi karunungan ng mundo, 2:12-15; 14:14,32,37
      g. espiritwal na kaloob sa bawat mananampalataya para sa gawain, mga kabanata 12 at 14
   4. ang espiritwal na pinag-iba sa pisikal, 9:11; 10:3; 15:44
   5. espiritwal na dako na pinag-iba sa pisikal na dako, 2:11; 5:5; 7:34; 15:45; 16:18
   6. isang paraan sa pagtukoy sa isang espiritwal/panloog na buhay ng tao bilang naiiba sa pisikal na katawan, 7:34

F. Ang tao ay nabubuhay sa dalawang dako mula sa paglalang (i.e., ang pisikal at ang espiritwal). Ang sangkatauhan sa nalugmok mula sa pagiging malapit sa Diyos (Genesis 3). Sa pamamagitan ng buhay, mga katuruan, kamatayan, muling pagkabuhay, at ipinangakong pagbabalik ni Kristo, ang Espiritu ay nagsasamo sa nalugmok na mga tao na ganapin ang pananampalataya sa ebanghelyo, kung saan sila ay maipapanumbalik sa pagsasama-sama sa Diyos. Ang Espiritu ay ang personal na bahagi ng Trinidad na ipinapakilala ang Bagong Panahon ng katuwiran. Ang Espiritu ay kinatawan ng Diyos Ama at tagataguyod ng Anak sa "panahong" ito. Isang suliranin ang makikita sapagkat ang bagong panahon ay naganap sa panahon, habang ang lumang panahon ng makasalanang paghihimagsik ay patuloy na umiiral. Ang Espiritu ay binabago ang luma sa bago, kahit na habang sila kapwa umiiral.

**51:11b** Maraming tagapagpaliwanag ang naniniwala na ang linyang ito ng tulaan ay isang sanggunian sa 1 Samuel 11:6; 16:14; 18:12, kung saan si Saul, sa una ay may Espiritu, ngunit pagkatapos ng kaniyang inulit ang mga kasalanan, ang Espiritu lumisan sa kaniya at lumipat kay David.

Ang aking sariling denominasyon ay ginagamit ang Awit na ito, lalo na ang talata 12, upang ipahayag na hindi mawawala ang kanilang kaligtasan sapagkat ito ay nagsasabing, "ipinanumbalik ang kaligayahan ng Iyong kaligtasan." Gayunman, ang katatayuang espiritwal ni Saul ay walang katiyakan. Pinili ko, kahit na papaano, na magkaloob ng aking kaunawaan sa mga isyu sa pamamagitan ng

1. pagbanggit sa iyo sa Natatanging Paksa: Apostasya sa Awit 26:8-12
2. pagbanggit sa iyo sa Natatanging Paksa: Pagpapagal sa Awit 7:12
3. pagsingit ng sumusunod na Natatanging Paksa: Katiyakan (tingnan sa ibaba)

**NATATANGING PAKSA: KATIYAKAN**

A. Maaari bang malaman ng Kristiyano na siya nga ay ligtas (cf. I Juan 5:13)? Ang I Juan ay may

tatlong pagsusuri o mga katunayan.

1. Pang-Doktrina (pananampalataya) (vv. 1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16; 5:11-12)
2. Pamumuhay (pagsunod) (vv. 2-3; 2:3-6; 3:1-10; 5:18)
3. Panlipunan (pag-ibig) (vv, 2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)

B. Ang katiyakan ay naging paksang pang-denominasyonal
   1. Si John Calvin ay binatay ang katiyakan sa pagpili ng Diyos. Sinabi niya na hindi kailanman tayo magiging tiyak sa buhay na ito.
   2. Si John Wesley ay binatay ang katiyaka sa karanasang pang-relihiyon. Naniniwala siya na mayroon tayong kakayahan na mabuhay na higit sa kilalang kasalanan
   3. Ang Romano Katoliko at ang Iglesiya ni Kristo ay binatay ang katiyakan sa isang nakapangyayaring Iglesiya. Ang pangkat na kung saan ang isa ay kabilang ay ang susi sa katiyakan.
   4. Karamihan ng mga ebandyeliko ay binatay ang katiyakan sa mga pangako ng Bibliya, na nauugnay sa bunga ng Espiritu sa buhay ng mga mananampalataya (cf. Galacia 5:22-23).

C. Sa aking palagay ang pangunahing katiyakan ng nalugmok na sangkatauhan ay maiuugnay sa katangian ng Trinidad na Diyos
   1. Pag-ibig ng Diyos Ama
      a. Juan 3:16; 10:28-29
      b. taga-Roma 8:31-39
      c. taga-Efeso 2:5,8-9
      d. taga-Filipos 1:6
      e. I Pedro 1:3-5
      f. I Juan 4:7-21
   2. Mga pagkilos ng Diyos Anak
      a. Kamatayang para sa ating kapakanan
         1) Mga Gawa 2:23
         2) taga-Roma 5:6-11
         3) II taga-Corinto 5:21
         4) I Juan 2:2; 4:9-10
      b. Panalanging pang-punong saserdote (Juan 17:12)
      c. Nagpapatuloy na pamamagitan
         1) taga-Roma 8:34
         2) Hebreo 7:25
         3) I Juan 2:1
   3. Gawain ng Diyos Espiritu
      a. pagtawag (Juan 6:44,65)
      b. pagtatak
         1) II taga-Corinto 1:22; 5:5
         2) taga-Efeso 1:13-14; 4:3
      c. pagtitiyak
         1) taga-Roma 8:16-17
         2) I Juan 5:7-13

D. Ngunit ang sangkatauhan ay kailangan tumugon sa pangkasunduang kaloob ng Diyos (kapwa sa pasimula at sa pagpapatuloy)
   1. Ang mga mananampalataya ay kailangang talikuran ang kasalanan (pagsisisi) at sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus (pananampalataya)
      a. Marcos 1:15
      b. Mga Gawa 3:16,19; 20:21
   2. Ang mga mananampalataya ay kailangang tanggapin ang kaloob ng Diyos kay Kristo
      a. Juan 1:12; 3:16

b. taga-Roma 5:1 (at sa paghahalintulad 10:9-13)
c. taga-Efeso 2:5,8-9

3. Ang mga mananampalataya ay kailangang magpatuloy sa pananampalataya
   a. Marcos 13:13
   b. I taga-Corinto 15:2
   c. taga-Galacia 6:9
   d. Hebreo 3:14
   e. II Pedro 1:10
   f. Judas 20-21
   g. Pahayag 2:2-3,7,10,17,19,25-26; 3:5,10,11,21
4. Ang mga mananampalataya ay haharap sa tatlong pagsusuri
   a. Pang-doktrina (vv. 1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16)
   b. pamumuhay (vv. 2-3; 2:3-6; 3:1-10)
   c. panlipunan (vv, 2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)

E. Ang katiyakan ay mahirap dahil sa
   1. Kadalasan ang mga mananampalataya ay naghahanap ng isang karanasan hindi ng pangako ng Bibliya
   2. Kadalasan ang mga mananampalataya ay hindi lubusang nauunawaan ang ebanghelyo
   3. Kadalasan ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy sa sinasadyang kasalanan (cf. I taga-Corinto 3:10-15; 9:27; I Timoteo 1:19-20; II Timoteo 4:10; II Pedro 1:8-11)
   4. Isang uri ng personalidad (i.e., pagiging walang-sala) ay hindi maaaring tumanggap sa walang kondisyong pagtanggap at pag-ibig ng Diyos
   5. Sa Biblya mayroong mga halimbawa ng mga huwag na paghahayag na pananampalataya (cf. Mateo 13:3-23; 7:21-23; Marcos 4:14-20; II Pedro 2:19-20; I Juan 2:18-19)

▣ **"iyong banal na Espiritu"** Karamihan sa OT, ang "Espiritu" ay isang pwersa ng Diyos (i.e., Genesis 1:2), hindi isang natatanging persona (ngunit tingnan sa Isaias 63:10-11). Gayunman, ang konsepto ito ng persona ng Espiritu ay lumago sa NT. Dalawang mga Natatanging Paksa ang makakatulong upang maliwanagan ang punto..

**NATATANGING PAKSA: ANG PERSONA NG ESPIRITU**

Sa OT "ang Espiritu ng Diyos" (i.e., *ruach*) ay isang pwersa na tinutupad ang layunin ni YHWH, ngunit walang pahiwatig na ito ay personal (i.e., OT *monoteismo*). Subalit, sa NT ang buong sariling katangian at persona ng Espiritu ay nakatala.

1. Siya ay maaaring pamumusungin (cf. Mateo 12:31; Marcos 3:29)
2. Siya ay nagtuturo (cf. Lucas 12:12; Juan 14:26)
3. Siya ay nagpapatotoo (cf. Juan 15:26)
4. Siya ay nanunumbat, naggagabay (cf. Juan 16:7-15)
5. Siya ay tinawag na "sino" (i.e., *hos*) (cf. taga-Efeso 1:14)
6. Siya ay maaaring pamamanglawin (cf. taga-Efeso 4:30)
7. Siya ay maaaring di-pagningasin (cf. I taga-Thesalonica 5:19)

Ang mga talatang Trinidad ay nagpapahayag din ng tatlong persona.

1. Mateo 28:19
2. II taga-Corinto 13:14
3. I Pedro 1:2

Ang Espiritu ay inuugnay sa mga gawain ng mga tao.

1. Mga Gawa 15:28

2. taga-Roma 8:26
3. I taga-Corinto 12:11
4. taga-Efeso 4:30

Sa pinaka panimula ng Gawa, binibigyan-diin ang gawain ng Espiritu. Ang Pentecost ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunito ayang bagong kabanata. Palaging na kay Hesus ang Espiritu. Ang Kanyang bautismo ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunit ito ay bagong kabanata. Si Lucas ay inihanda ang iglesiya para sa isang bagong kabanata para mabisang gawain. Patuloy na si Hesus pinagtutuunan, Patuloy na ang Espiritu ang mabisang paraan at sa Ama, ang pag-ibig, kapatawarn at pagpapanumbalik ng lahat ng tao na linikha sa kanyang wangis ang layunin!

**NATATANGING PAKSA: ANG TRINIDAD**

Pansinin na ang mga pagkilos ng lahat ng tatlong mga Persona ng Trinidad sa nagkakaisang mga konteksto. Ang salitang "trinidad," na unang ginamit ni Tertullian, ay hindi isang biblikal na salita, ngunit ang kaisipan ay malaganap.

A. Ang mga Ebanghelyo
   1. Mateo 3:16-17; 28:19 (at mga katulad)
   2. Juan 14:26
B. Mga Gawa – Mga Gawa 2:32-33, 38-39
C. Pablo
   1. taga-Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
   2. I taga-Corinto 2:8-10; 12:4-6
   3. II taga-Corinto 1:21; 13:14
   4. taga-Galacia 4:4-6
   5. taga-Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-6
   6. I taga-Thesalonica 1:2-5
   7. II taga-Thesalonica 2:13
   8. Tito 3:4-6
D. Pedro – I Pedro 1:2
E. Hudas – vv. 20-21

Ang pagkamarami (*plurality*) ng Diyos ay ipinahiwatig sa OT.

A. Gamit ng MGA PANG-MARAMIHAN para sa Diyos
   1. Ang pangalang *Elohim* ay PANGMARAMIHAN, ngunit kung ginamit sa Diyos palaging may PANG-ISAHANG PANDIWA
   2. "Tayo" sa Genesis 1:26-27; 3:22; 11:7
B. Ang Anghel ng Panginoon ay isang nakikitang kinatawan ng pagka-Diyos
   1. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
   2. Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19
   3. Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
   4. Zacarias 3:1-2
C. Ang Diyos at ang Kanyang Espiritu ay magkahiwalay, Genesis 1:1-2; Awit 104:30; Isaias 63:9-11; Ezekiel 37:13-14
D. Ang Diyos (YHWH) at ang Mesias (*Adon*) ay magkahiwalay, Awit 45:6-7; 110:1; Zacarias 2:8-11; 10:9-12
E. Ang Mesias at ang Espiritu ay magkahiwalay, Zacarias 12:10
F. Lahat ng tatlo ay nabanggit sa Isaias 48:16; 61:1

Ang pagka-Diyos ni Hesus at ang persona ng Espiritu ay nagdulot ng mga suliranin para sa mahigpit, *monotheistic*, naunang mga mananampalataya.

1. Tertullian – mababa ang Anak sa Ama

2. Origen – mababa ang esensyang pagka-Diyos ng Anak at ng Espiritu
3. Arius – itinanggi ang pagka-Diyos ng Anak at Espiritu
4. Monarchianismo – naniniawala sa isang sunod-sunod na pagpapahayag ng isang Diyos bilang Ama, Anak, pagkatapos ay Espiritu

Ang trinidad ay isang paglagong pangkasaysayan na pagbabalangkas ng mga biblikal na mga sangkap

1. ang buong pagka-Diyos ni Hesus, na katumbas ng sa Ama, ay pinagtibay noong A.D. 325 ng Konseho ng Nicea
2. ang buong persona at pagka-Diyos ng Espiritu na katumbas ng Ama at Anak ay pinagtibay ng Konseho ng Constantinople (A.D. 381)
3. ang doktrina ng trinidad ay lubusang naipahayag sa gawa ni Augustino, *De Trinitate*

May tunay na hiwaga dito. Ngunit ang NT ay tila nagpapatibay sa isang diwa ng Diyos na may tatlong personal na mga pagpapahayag.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 51:14-17**

**14 Iligtas mo ako sa salang pagbububo ng dugo, Oh Diyos, ikaw na Diyos ng aking kaligtasan;**
**at ang aking dila ay aawit ng malakas tungkol sa iyong katuwiran.**
**15 Oh PANGINOON, bukhin mo ang aking mga labi,**
**at ang aking bibig ay magsasaysay ng iyong kapurihan.**
**16 Sapagka't hindi ka nalulugod sa hain; na kung dili ay bibigyan kita;**
**wala kang kaluguran sa handog na susunugin.**
**17 Ang mga hain sa Diyos ay bagbag na loob;**
**isang bagbag at may pagsisising puso, Oh Diyos, ay hindi mo wawaling kabuluhan.**

**51:14-17** Ang istropang ito ay pinagpapatuloy ang kaisipan ng

1. iligtas – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS, ang salmista ay makasalanang at nangangailangan mapatawad. ang talata 14 ay maaaring maiugnay sa pagpatay ni David kay Urias (sa literal "mga dugo," BDB 196, ipinagpapalagay na tumukoy sa "pagkakasala sa dugo," na, "pagpatay sa isang walang-kasalanang tao").
2. ang "ituturo ko sa mga mananalangsang" (BDB 540, KB 531, *Piel* PANGPANGKAT) ng v. 13a ay pinaliwanag/binigyang-kahulugan
   a. ang aking dila ay aawit ng malakas (si David ay isang mang-aawit) tungkol sa iyong katuwiran (ito susing terminong [BDB 842] pangunahin na nangangahulugang isang pamantayan, panukat, tuwid na gilid. Ang lahat ng ang mga salita para sa "kasalanan" ay isang paglihis mula sa pamantayan; sa konteksto, ito ay may ang connotation of "pagbibigay-matwid" o "mga matuwid na pagkilos," cf. Awit 71:2,15; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5).
      (1) bukhin mo ang aking mga labi
      (2) ang aking bibig ay magsasaysay ng iyong kapurihan

Ang bagong kaisipan ay nagsimula sa 51:16-17. Walang pag-aalay ay naitala sa Levitico 1-7 na tumutukoy sa sinasadya, pinaghandaang kasalanan (cf. Levitico 4:2,22,27; 5:15-18; 22:14; Bilang 15:27-28). Kung there ay he would give ito (BDB 678, KB 733, *Qal* PANGPANGKAT), ngunit dito ay hindi, kaya kanyang inilapit ang kanyang sarili sa kahabagan ng Diyos. Siya ay nagtiwala/nanampalataya na hindi tatanggi ang Diyos (kapwa *Niphal* MGA PANDIWARI)

1. isang nawasak na puso sa kasalanan (BDB 990, cf. Awit 34:19; Isaias 61:1; Jeremias 23:9)
2. isang nagsisising puso (sa literal "nadurog," BDB 194, cf. Isaias 57:15)

Ito ay tumutukoy sa isang taga-Roma 12:1-2 na uri ng mananamba. Ang pagsisisi ay may epekto sa Diyos (cf. Awit 34:18)!

**51:15**
**NASB (1970) "PANGINOON"**
**NASB (1995) "Panginoon"**

Ang MT ay may *Adon*, hindi YHWH. Ang kasunduang pangalan para sa Diyos ng Israel ay hindi matatagpuan sa Aklat II ng Psalmo ay madalas makikita sa Aklat I. Ang ilang mga iskolar ay inaakala na ang nagtipon ng Aklat II ay binago ang maraming mga sanggunian ng YHWH sa *Elohim*.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 51:18-19**
**18Gawan mo ng mabuti ang iyong mabuting kasayahan sa Sion;**
**itayo mo ang mga kuta ng Herusalem.**
**19Kung magkagayo'y malulugod ka sa mga hain ng katuwiran,**
**sa handog na susunugin at sa handog na susunuging buo;**
**kung magkagayo'y mangaghahandog sila ng mga toro sa iyong dambana.**

**51:18-19** Ang Awit ay magsasara sa isang tila hiwalay na kaisipan. Mayroong isang di-inaasahang pagpalit mula sa isang pansarili sa isang pambansang panalangin para sa pagpapala ng Diyos ("gawan ng mabuti," BDB 405, KB 408, *Hiphil* PAUTOS) sa Herusalem. Ang panalangin ay nagpapahiwatig na ang Herusalem ay may mga suliranin.

1. itayo ang kaniyang mga kuta
2. ipanumbalik ang sistema ng pag-aalay

Maraming mga taga-pagpaliwanag ay ginamit ang talata 16 upang pababain ang halaga ng pag-aalay, ngunit dahil sa 51:23, ito ay pinakamainam na tingnan bilang pagbibigay-diin sa pagkakaiba sa pagitan ng "sinasadya" at "di-sinasadyang" kasalanan.

Pansinin din na walang panahon na ang dalawang mga talata ito ay umaakma sa buhay ni David. Walang MSS na katibayan na sila ay dinagdag pagkatapos mga pagkakasulat o pagtitipon ng Awit.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang salmista ay nagbigay ng dalawang kadahilanan para sa Diyos upang mahabag sa kaniya. Anu-ano sila at bakit ay sila mahalaga?
2. Itala ang iba't-ibang mga salitang ginamit upang ilarawan ang kapatawaran sa Awit na ito.
3. Ipaliwanag ang talata 4 sa iyonag sariling mga salita.
4. Ang ang kahulugan ng talata 5 sa isang OT kalalagayan?
5. Tinatanggal ba ng Diyos ang Banal na Espiritu sa mga makasalanan?
6. Ipaliwanag ang kaugnaya ng talata 16-17 sa talata 19. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng isang "sinasadyang kasalanan" at isang "di-sinasadyang kasalanan" sa kaugnayan nito sa sistema ng pag-aalay.
7. Paano maiuugnay ang talata 18-19 na natitirang bahagi ng Awit?

# AWIT 52

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kawalang-saysay ng Palalong Kasamaan<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit. Isang Maskil ni David, nang si Doeg ang Edomito ay dumating at sinabi kay Saul, at sinabi sa kaniya, "Si David ay dumating sa tahanan ni Ahimelech." | Ang Katapusan ng Masasama ang Kapayapaan ng Maka-Diyos | Ang Nalalapit na Kahatulan ng Diyos laban sa Malupit | Kahatulan at Biyaya ng Diyos | Ang Kapalaran ng Manunutya |
| 52:1-4 | 52:1-4 | 52:1-4 | 52:1-4 | 52:1-2 |
| | | | | 52:3-4 |
| 52:5-7 | 52:5-7 | 52:5-7 | 52:5-7 | 52:5 |
| | | | | 52:6-7 |
| 52:8-9 | 52:8-9 | 52:8-9 | 52:8-9 | 52:8 |
| | | | | 52:9 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Pansinin ang Awit na ito ay ipinapahayag sa mga masamang tao (paggamit ng SAMA-SAMANG PANG-ISAHAN). Karamihan ng Awit ay ipinapahayag sa Diyos.

B. Ang Awit na ito ay isang kalipunan ng mga istropa na pinag-iiba ang kalagayan ng masama sa katiwasayan ng matuwid.

C. Pansinin na ito ay ang pagsasalita ng dalawang pangkat na naghahayag ng kanilang mga puso (mga layunin, cf. Mateo 12:34-37).

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 52:1-4**

**1 Bakit ka naghahambog sa kasamaan, Oh makapangyarihang tao?**
**Ang kagandahang-loob ng Diyos ay palagi.**
**2 Ang dila mo'y kumakatha ng totoong masama,**
**gaya ng matalas na pangahit, na gumagawang may karayaan.**
**3 Iniibig mo ang kasamaan ng higit kay sa kabutihan,**
**at ang pagsisinungaling kay sa pagsasalita ng kung ano ang tama. Selah.**
**4 Iniibig mo ang lahat na mananakmal na salita,**
**Oh ikaw na magdarayang dila.**

**52:1** Ito ay kabaliktarang pagkakaagapay. Sa lahat ng dako ng Awit, ang masama at ang matuwid ay pinag-iiba (JPSOA). Ang Peshitta ay sinasalungat ang MT at nagsasabing "laban sa ang walang-kasalanang bawat araw."

Ang LXX ay ginawa ang buong talata na tumutukoy sa "masama." Ang ikalawang linya ay may "kawalang-kautusan sa haba ng panahon." Ang AB (p. 11) ay ginagawang panunuya ang ikalawang linya, "O ang matapat ng *El*."

▣ **"naghahambog"** Ang PANDIWANG ito (BDB 237, KB 248, *Hiphil* DI-GANAP) sa *Hiphil* ay kadalasang ginamit sa pagpuri sa sarili (cf. 1 Mga Hari 20:11; Awit 49:6; Kawikaan 20:14; 27:1; Jeremias 49:4). Sa Jeremias 9:23-24 ang termino ay may kapwa negatibo (bulaang pagmamayabang) at positibo (tunay na batayan para sa pagmamayabang) na mga aspeto.

▣ **"Oh makapangyarihang tao"** Ito ay isa sa tatlong VOCATIVES na ginamit upang ilarawan ang mga masamang tao.

1. Oh makapangyarihang tao – BDB 150, sila ay makapangyarihan sa kanilang pagmamayabang tungkol sa kanilang kasalanan; ito ay nanunuot na panunuya
2. Oh gumagawang may karayaan – BDB 793 I BALANGKAS BDB 941 I
3. Oh ikaw na magdarayang dila – BDB 546 BALANGKAS 941; hindi katulad na salitang-ugat gaya ng #2, ngunit napakalapit (i.e., pagbibigay-katauhan sa masamang pagsasalita)

▣ **"kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7.

▣ **"palagi"** Ito ay nagpapakilala isang pinahahabang yugto ng panahon (i.e., magpakailanman). Ang konsepto ng "magpakailanman" ay inulit nang maraming na beses sa Awit na ito.

1. kahatulan ng Diyos – v. 5a
2. ang pagtitiwala ng matuwid sa kagandahang-loob ng Diyos – 52:8b
3. ang pasasalamat ng matuwid sa Diyos – 52:9a

**52:2** Dapat nating tandaan na ang mga salita ay mahalaga. Maaari silang magpala o magsumpa (cf. Santiago 3:1-12). Mayroong kapangyarihan sa mga salita (cf. v. 4). Tayo ay magbibigay ng isang pagbibigay-sulit sa Diyos para sa ating mga salita (cf. Mateo 12:34-37). Ang pagsasalita ay naghahayag ng puso.

**NATATANGING PAKSA: PANTAONG PANANALITA**

I. PANGBUKAS NA MGA KAISIPAN MULA SA KAWIKAAN

A. Ang wika ay bahagi ng larawan ng Diyos sa sangkatauhan (i.e., ang paglalang ay isinawika sa pag-iral at ang Diyos ay nagsasalita sa Kaniyang taong nilalang). Ito ay isang mahalagang bahagi ng ating pagkatao.

B. Ang pantaong pananalita ay binibigyan tayon ng kakayahayang makipag-ugnaya sa iba sa kung ano ang ating nararamdaman tungkol sa buhay. Samakatuwid, inihahayag nito kung sino talaga tayo (Kawikaan 18:2; 4:23 [20-27]). Ang pananalita ay ang "acid test" ng tao (Kawikaan 23:7).

C. Tayo ay mga panlipunang nilalang. Tayo ay may pakialam sa pagtanggap at pagpapatibay. Tayo ay nangangailangan nito mula sa Diyos at mula sa ating kapwa mga tao. Ang mga salita ay may kapangyarihang tugunan ang mga pangangailangan ito sa kapwa positibo (Kawikaan 17:10) at negatibo (Kawikaan 12:18) mga pamamaraan.

D. Mayroong kamangha-manghang kapangyarihan sa pananalita ng tao (Kawikaan 18:20-21)—kapangyarihan na magpala at magpagaling (Kawikaan 10:11,21) at kapangyarihan na manumpa at magwasak (Kawikaan 11:9).

E. Ating aanihin kung ano ang ating tinanim (Kawikaan 12:14).

II. MGA PRINSIPIYO MULA SA KAWIKAAN

A. Ang negatibo at maaaring pangwasak ng pantaong pananalita
1. ang mga salita ng masamang tao (Kawikaan 1:11-19; 10:6; 11:9,11; 12:2-6)
2. ang mga salita ng nangangalunya (5:2-5; 6:24-35; 7:5ff; 9:13-18; 22:14)
3. ang mga salita ng sinungaling (6:12-15,19; 10:18; 12:17-19,22; 14:5,25; 17:4; 19:5,9,28; 21:28; 24:28; 25:18; 26:23-28)
4. ang mga salita ng hangal (10:10,14; 14:3; 15:14; 18:6-8)
5. ang mga salita ng mga bulaang saksi (6:19; 12:17; 19:5,9,28; 21:28; 24:28; 25:18)
6. ang mga salita ng isang tsismis (6:14,19; 11:13; 16:27-28; 20:19; 25:23; 26:20)
7. ang mga salita na lubhang mabilis nabanggit (6:1-5; 12:18; 20:25; 29:20)
8. ang mga salita ng di-matapat na pagpuri (29:5)
9. lubhang maraming mga salita (10:14,19,23; 11:13; 13:3,16; 14:23; 15:2; 17:27-28; 18:2; 21:23; 29:20)
10. masamang mga salita (17:20; 19:1)

B. ang positibo, pagpapagaling at maaaring pagpapatibay ng pantaong pananalita
1. ang mga salita ng matuwid (Kawikaan 10:11,20-21,31-32; 12:14; 13:2; 15:23; 16:13; 18:20)
2. ang mga salita ng pagkawari (10:13; 11:12)
3. ang mga salita ng kaalaman (15:1,4,7,8; 20:15)
4. ang mga salita ng pagpapagaling (15:4)
5. ang mga salita ng isang banayad na sagot (15:1,4,18,23; 16:1; 25:15)
6. ang mga salita ng isang kaaya-ayang sagot (12:25; 15:26,30; 16:24)
7. ang mga salita ng kautusan (22:17-21)

III. ANG HUWARAN SA OT AY NAGPAPATULOY SA NT

A. Ang pantaong pananalita ay binibigyan tayon ng kakayahayang makipag-ugnaya sa iba sa kung ano ang ating nararamdaman tungkol sa buhay. Samakatuwid, inihahayag nito kung sino talaga tayo (Mateo 12:33-37; 15:1-20; Marcos 7:2-23).

B. Tayo ay mga panlipunang nilalang. Tayo ay may pakialam sa pagtanggap at pagpapatibay.

Tayo ay nangangailangan nito mula sa Diyos at mula sa ating kapwa mga tao. Ang mga salita ay may kapangyarihang tugunan ang mga pangangailangan ito sa kapwa positibo (2 Timoteo 3:15-17) at negatibo (Santiago 3:2-12) mga pamamaraan.

C. Mayroong kamangha-manghang kapangyarihan sa pananalita ng tao, kapangyarihan na magpala at magpagaling (taga-Efeso 4:29) at kapangyarihan na manumpa (Santiago 3:9). Tayo ay may pananagutan sa kung ano ang ating sinasabi (Mateo 12:36-37; Santiago 3:2-12).

D. Tayo ay hahatulan sa pamamagitan ng ating mga salita (Mateo 12:33-37; Lucas 6:39-45) gayundin naman ng ating mga gawa (Mateo 25:31-46). Ating aanihin kung ano ang ating tinanim (taga-Galacia 6:7).

**52:3** Ang mga ito ay nakakagulat na pagkakaagapay na mga linya ng tulaan. Isipin lamang kung gaano kalayo ang ginawa ng mga tao sa larawan at wangis ng Diyos, na lalugmok! Sila ay dulong kapaliktaran ng kung anong dapat na nilalayong sa kanila na maging!

Ang salitang "iniibig" (BDB 12) ay ginamit nang dalawang beses sa mga nakakagulat na paraan.

1. Iniibig nila ang kasamaan ng higit kay sa kabutihan, v. 3
2. Iniibig nila ang lahat na mananakmal na salita, v. 4

▣

**NASB "kay sa pagsasalita ng kung ano ang tama"**
**NKJV "kay sa pagsasalita ng katuwiran"**
**NRSV "kay sa pagsasalita ng katotohanan"**
**TEV "kay sa katotohanan"**
**NJB "sa katapatan"**
**JPSOA "sa pagsasalita ng katotohanan"**
**REB "kay sa makatotohanang pananalita"**
**LXX "kay sa pagsasalita ng katarungan"**

Ang dahilan dito ay sari-sari sa mga salin ay sapagkat ito ay isang di-karaniwang paggamit ng "katuwiran" (BDB 841). Ito ay kadalasan na ginamit sa kaunawaan ng "matuwid" (cf. Awit 23:3) ngunit dito sa kaunawaan ng "totoo" (cf. Awit 58:1).

**52:4 "mananakmal"** Ang PANGNGALANG ito (BDB 118 I) ay talagang nangangahulugang lunukin at ginamit bilang isang larawan para sa pagkawasak.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 52:5-7**

**5 Ilulugmok ka ring gayon ng Diyos magpakailan man;**
**itataas ka niya, at ilalabas ka sa iyong tolda,**
**at bubunutin ka niya sa lupain ng may buhay. Selah.**
**6 Makikita naman ng matuwid, at matatakot,**
**at tatawa sa kaniya, na magsasabi,**
**7 "Narito, ito ang tao na hindi ginawang kaniyang katibayan, ang Diyos,**
**kundi tumiwala sa kasaganaan ng kaniyang mga kayamanan**
**at nagpakalakas sa kaniyang kasamaan."**

**52:5-7** Ang istropang ito ay pinag-iiba kung ano ang gagawin ng Diyos sa masama at ang tugon ng matuwid.

1. Ang mga pagkilos ng Diyos tungo sa masama na magbubunga ng kanilang kamatayan.
   a. Ilulugmok sila (sa literal ay "hihilahin") niya magpakailan man – BDB 683, KB 736, *Qal* DI-GANAP

b. Itataas niya – BDB 367, KB 363, *Qal* DI-GANAP; ito ay isang di-karaniwang salita na tanging dito lamang sa Awit, ngunit tingnan ang tatlong makikita na tumukoy sa “apoy na makukuha sa sarili,” cf. Kawikaan 6:27; 25:22; Isaias 30:14)
c. itataas ka niya, at ilalabas ka sa iyong tolda – BDB 650, KB 702, *Qal* DI-GANAP
d. bubunutin ka niya sa lupain ng may buhay – BDB 1057, KB 1658, *Piel* GANAP na may *waw*

2. Ang reaksyon ng matuwid sa mga gawa ng kahatulan ng Diyos:
   a. makikita naman – BDB 906, KB 1157, *Qal* DI-GANAP
   b. matatakot (i.e., magsisisi na may pakundangan) – BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP
   c. tatawa sa kanilang kahatulan – BDB 965, KB 1315, *Qal* DI-GANAP; ang Diyos ay tumawa sa Awit 2:40; 37:13; pagbibigay-katauhan sa karunungan ay tumatawa sa Kawikaan 1:26; dito, ang matuwid ay tumatawa kapag ang kahatulan ng Diyos sa kanilang tumanggi sa Kaniya at nagpahirap sa kanila. Sila “ay tatawa” sa kaunawaan ng “aanihin nila kung ano ang kanilang tinanim.” Tinalo ng katarungan ang kawalang katarungan!

**52:5** Ang paglalarawang ito ng “itataas ka niya, at ilalabas ka sa iyong tolda” ay isang wikain magkaugnay sa panahon ng lagalag na pamumuhay ng Israel sa mga tolda (paglalagalag at pagkatapos ng Exodo). Ang katulad na paglalarawang ito ay makikita kay

1. Saul – 1 Samuel13:2 (i.e., sa iyong mga tahanan)
2. Sheba – 2 Samuel 20:1 (i.e., sa iyong mga tahanan)
3. Jeroboam I – 1 Mga Hari 12:16; 2 Cronica 10:16 (i.e., sa ating bansa)
4. Pablo – 2 taga-Corinto 5:1-10 (ang tolda bilang talinghaga para sa katawang pantao)

▣ **“magpakailan man”** Ang konsepto ng “magpakailanman” ay nabanggit sa tatlong mga linya ng Awit.

1. Ang kahatulan ng Diyos ay “magpakailanman,” v. 5 (BDB 664, cf. Job 4:20; 14:20; 20:7; 23:7; Awit 9:7)
2. Ang pagpapala ng Diyos ay “magpakailanman pa man,” 52:8
   a. magpakailanman – BDB 761 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5)
   b. pa man – BDB 723 I (tambala nila na kapwa sa Awit 9:5; 10:16; 21:4; 45:6,17; 48:14; 104:5; 119:44; 145:1,2,21)
3. ang pasasalamat ng matapat na mga tagasunod ay “magpakailanman,” v. 9 – BDB 761

▣ **“sa lupain ng may buhay”** Ang BALANGKAS na ito (BDB 75, BDB 313) ay isang wikain para sa buhay (cf. Job 28:13; Awit 27:13; 116:9; 142:5; Isaias 38:11; Jeremias 11:19). Ito ay kabaliktaran ng “ang lupain ng patay,” na maaaring *Sheol* o ang Hukay (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6).

▣ **“Selah”** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**52:7** Ang talata 7 ay isang paglalarawan ng tao na tumutukoy sa mga talata 1-4.

1. hindi ginawang kaniyang katibayan, ang Diyos
2. tumiwala sa kasaganaan ng kaniyang mga kayamanan, cf. Job 31:24-28; Awit 49:6-9; Kawikaan 11:28
3. nagpakalakas sa kaniyang kasamaan

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 52:8-9**

[8]**Nguni't tungkol sa akin, ay gaya ako ng sariwang punong kahoy ng olibo sa bahay ng**

**Diyos;**
**tumitiwala ako sa kagandahang-loob ng Diyos magpakailan-kailan man.**
**[9]Ako'y magpapasalamat sa iyo magpakailan man, sapagka't iyong ginawa,**
**at ako'y maghihintay sa iyong pangalan sapagka't mabuti, sa harapan ng iyong mga banal.**

**52:8-9** Habang ang talata 7 ay ipinapakilala ang masamang tao (i.e., nabunot), ang talata 8 ay ipinapakilala ang matuwid tao (i.e., itinanim).

1. Siya ay tulad ng isang luntiang puno ng olibo sa tahanan ng Diyos, cf. Awit 1:3; 92:12-14; 128:3; Jeremias 11:16; 17:5-8.
2. Siya ay nagtitiwala sa kagandahang-loob ng Diyos magpakailanman, cf. Awit 13:5; ang kagandahang-loob na ito ay magpakailanman, cf. 52:16; ang masama ay "nagtitiwala" sa kanilang sariling mga kayamanan.
3. Siya ay binibigyan ng pasasalamat sa Diyos magpakailanman – BDB 392. KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan.
4. Siya ay maghihintay sa Kaniyang pangalan – BDB 875, KB 1082, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan.

**52:9 "iyong pangalan"** Ito ay ipinapakilala bilang "ito ay mabuti." Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12.

▣ **"sa harapan ng iyong mga banal"** Ito ay maaaring tumukoy sa

1. mga anghel
2. matapat na mga tagasunod at ang templo (cf. v. 8, "bahay ng Diyos")

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang di-karaniwan tungkol sa Awit na ito?
2. Itala ang iba't-ibang VOCATIVES na ginamit upang ilarawan o bigyang-buhay ang masama.
3. Ihambing kung ano ang gagawin ng Diyos sa masama laban sa matuwid sa mga talata 5-6.
4. Ano ang ginagawa ng masama na naglalayo sa kanila mula sa Diyos?
5. Sino ay "ang mga maka-Diyos" ng talata 9?

# AWIT 53*

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kahangalan at Kasamaan<br>Panimula sa MT<br>Para sa Punong Mang-aawit Ayon kay Mahalath. Isang Maskil ni David. | Ang Kahangalan ng Walang Diyos at Pagpapanumbalik ng Israel | Kahatulang ng isang Nangu-ngutya at Walang Katuwi-rang Panahon | Kasamaan ng Tao | Ang Kahihinatnan ng walang Diyos |
| 53:1-3 | 53:1 | 53:1 | 53:1 | 53:1 |
| | 53:2-3 | 53:2 | 53:2-3 | 53:2 |
| | | 53:3 | | 53:3 |
| 53:4-6 | 53:4-5 | 53:4 | 53:4 | 53:4 |
| | | 53:5 | 53:5 | 53:5 |
| | 53:6 | 53:6 | 53:6 | 53:6 |

*Ang Awit na ito ay halos tiyak na katulad ng Awit 14, maliban sa YHWH na napalitan ng *Elohim*. Tingnan ang mga tala doon.

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 53:1-3**
**1 Ang mangmang ay nagsabi sa puso niya, "Walang Diyos,"**
**Nangapahamak sila, at nagsigawa ng kasuklamsuklam na kasamaan;**
**walang gumawa ng mabuti.**
**2 Tinunghan ng Diyos ang mga anak ng mga tao mula sa langit**
**upang tignan kung may sinomang nakakaunawa,**

**na humanap sa Diyos.**
**3 Bawa't isa sa kanila ay tumalikod: sila'y magkakasamang naging mahahalay;**
**walang gumawa ng mabuti, wala, wala kahit isa.**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 53:4-6**
**4 Wala bang kaalaman ang mga manggagawa ng kasamaan,**
**na siyang kumakain ng aking bayan na tila kumakain ng tinapay**
**at hindi nagsisitawag sa Diyos?**
**5 Doo'y nangapasa malaking katakutan sila na hindi kinaroroonan ng takot;**
**sapagka't pinangalat ng Diyos ang mga buto niya na humahantong laban sa iyo;**
**iyong inilagay sila sa kahihiyan, sapagka't itinakuwil sila ng Diyos.**
**6 Oh kung ang kaligtasan ng Israel ay lumabas sa Sion!**
**Pagka ibabalik ng Diyos ang nangabihag ng kaniyang bayan,**
**magagalak nga ang Jacob at matutuwa ang Israel.**

Ang Awit na ito ay halos tiyak na katulad ng Awit 14, maliban sa "YHWH" na napalitan ng "*Elohim*." Tingnan ang mga tala doon.

# AWIT 54

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Pagtatang-gol laban sa mga Kaaway<br>Panimula sa MT<br>Para sa Punong Mang-aawit sa may kwerdas na mga Instrumento. Isang Maskil ni David, nang ang Zipheneo ay dumating at nagsabing, "Hindi ba nagtatago si David sa gitna natin?" | Tinugunang Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa mga Kaaway | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa mga Personal na Kaaway | Isang Panalangin para sa Pangangalaga mula sa mga Kaaway | Pagsamo sa Diyos, ang Matu wid na Hukom |
| 54:1-3 | 54:1-3 | 54:1-2 | 54:1-3 | 54:1-2 |
| | | 54:3 | | 54:3 |
| 54:4-5 | 54:4-5 | 54:4-5 | 54:4-5 | 54:4-5 |
| 54:6-7 | 54:6-7 | 54:6-7 | 54:6-7 | 54:6-7 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 54:1-3**
**1 Iligtas mo ako, Oh Diyos, sa pamamagitan ng iyong pangalan,**
**At hatulan mo ako sa iyong kapangyarihan.**
**2 Dinggin mo ang aking dalangin, Oh Diyos;**
**pakinggan mo ang mga salita ng aking bibig.**
**3 Sapagka't ang mga tagaibang lupa ay nagsibangon laban sa akin**
**at ang mga mangdadahas na tao ay nagsisiusig ng aking kaluluwa;**

| |
|---|
| **hindi nila inilagay ang Diyos sa harap nila. Selah.** |

**54:1-3** Ang istropang ito ay nagpapakita ang pangkasaysayang kalalagayan bilang isang personal na pagsalakay, tila ng ibang mga tao sa kasunduan. Pansinin ang mga kahilingan sa panalangin.

1. iligtas ako – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS
2. hatulan (i.e., matuwid na paghatol) ako – BDB 192, KB 220, *Qal* DI-GANAP ginamit sa pagitan ng tatlong MGA PAUTOS at magkakaagapay sa una. Ito ay gumaganap bilang isang PAUTOS NG KAHILINGAN batay sa mga halimbawa sa Ugaritikong tulaan (AB, p. 24). Ito ay nagpapakilala isang "paghukumang pasya." Ang salmista ay humihilong sa Diyos para sa panghukumang pagpapawalang-sala. Maaaring siya ay pinaratangan nang hindi matuwid.
3. dinggin ang aking panalangin – BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 17:6
4. pakinggan – BDB 24, KB 27, *Hiphil* PAUTOS sa isang kasingkahulugang magkakaagapay na pakikipag-ugnayan sa #3, cf. Awit 5:1; 55:1; 86:7

▣ **"Oh Diyos"** Ito ay ang pangalan para sa Diyos (*Elohim*) na tumutukoy sa Kaniya bilang manlilikha, tagataguyod, at tagapagbigay ng lahat ng buhay sa planetang ito (cf. Genesis 1:6, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1). Ito ay makikita nang dalawang beses, 54:1a at 54:2a. Ito ay kaagaway sa

1. Iyong pangalan (cf. Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12)
2. Iyong kapangyarihan, cf. 2 Cronica 20:6

**54:2** Ang mga kaaway/ mga tagapagpahirap ng Salmista ay inilalarawan sa talatang ito.

1. mga taga-ibang lupa (BDB 266 I, cf. Awit 44:20; 109:11) ay nagsibangon laban sa akin, 54:3a. Ito ay kadalasang ginamit sa ibang pangkasunduang mga tao.
2. mga mangdadahas na tao (BDB 792). Ito ay kadalasang ginamit sa mga kaaway ng ibang mga bansa (i.e., mga mananakop, cf. Isaias 13:11; Ezekiel 28:7; 30:11; 31:12; 32:12)
3. hindi nila inilagay ang Diyos sa harap nila; ito ay maaaring tumukoy sa
   a. walang-Diyos na mga Israelita, cf. Awit 14:1; 36:1-4; 53:1
   b. mga Hentil (i.e., mga pambansang kaaway)
4. sa v. 5 siya ay tinawag niyang "sa kanilang nasa dako na naghihintay para sa akin" (i.e., upang pumatay)

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

| |
|---|
| **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 54:4-5**<br>**4 Narito, ang Diyos ay aking katulong;**<br>**ang Panginoon ay sa kanila na nagsisialalay ng aking kaluluwa.**<br>**5 Kaniyang ibabalik ang kasamaan sa aking mga kaaway;**<br>**gibain mo sila sa iyong katapatan.** |

**54:4-5** Tulad ng paglalarawan ng salmista sa kaniyang mga kaaway sa v. 3, sa vv. 4-5 ipinapakilala niya ang Diyos at humiling sa Kaniya na kumilos laban sa kaniyang mga kaaway.

1. ang Diyos ay aking katulong – BDB 740, KB 810, *Qal* PANDIWARI, cf. Awit 27:9; 30:10; 37:40; 118:7
2. ang Panginoon (*Adon*, BDB 10) ay sa kanila na nagsisialalay ng aking kaluluwa (BDB 701, KB 759, *Qal* PANDIWARI, cf. Awit 37:17,24; 41:12; 51:12; 71:6; 145:14)
3. Kaniyang ibabalik (sa literal return, BDB 996, KB 1427). Ang MT ay may *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, ngunit ang mga Masoretikong iskolar ay nagmumungkahi na ito ay basahin (*Qere*) bilang isang *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang

PANGKAUTUSAN na kaunawaan.

4. Ang salmista ay humihiling sa Diyos na gibain (sa literal ay “patahimikin,” BDB 856, KB 1035, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 143:12) ang kaniyang mga kaaway gaya na kanilang pagtatangkang patahimikin siya, cf. Awit 18:4; 69:4; 73:27; 94:23; 101:5,8

**54:5**

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **“ng iyong katapatan”** |
| **NKJV, LXX** | **“ng iyong katotohanan”** |
| **TEV** | **“dahil siya ay matapat”** |
| **NJB** | **“sa iyong katapatan”** |
| **JPSOA** | **“sa pamamagitan ng iyong katapatan”** |
| **REB** | **“ipakita ang iyong sarili na matapat”** |

Ang MT ay may “katapatan” (BDB 54, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1). Ito ay tila maiuugnay pabalik sa mga pagpapahayag na salmista tungkol sa Diyos sa talata 4.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 54:6-7**

**6 Ako'y maghahain sa iyo ng kusang handog;**
**ako'y magpapasalamat sa iyong pangalan, Oh PANGINOON, sapagka't mabuti.**
**7 Sapagka't iniligtas niya ako sa lahat ng kabagabagan,**
**at nakita ng aking mata ang aking nasa sa aking mga kaaway.**

**54:6** Ang pagwakas na istropang ito (54:6-7) ay nagpapahayag ng pagtitiwala ng salmista na ang Diyos (YHWH, v. 6) ay kikilos sa kaniyang kapakanan. Kapag Kaniyag ginawa, ang salmista ay

1. maghahain sa iyo – BDB 256, KB 261, *Qal* PANGPANGKAT
2. magpapasalamat sa iyong pangalan – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan; alinman sa “pangalan” ay mabuti o ang pagpapasalamat kay YHWH ay mabuti, cf. Awit 92:1

Awit 54:6 ay may isang di-karaniwan paggamit ng kasunduang pangalan para sa Diyos ng Israel, YHWH, sa Aklat 2 ng Psalmo.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“kusa”** |
| **NKJV, REB** | **“malaya”** |
| **NRSV** | **“na may isang kusang-loob na handong”** |
| **TEV, NJB** | **“malugod”** |
| **JPSOA** | **“kusang-loob na handog”** |

Ang MT ay may isang PANG-UKOL at isang PANGNGALAN (BDB 621). Ito ay tumukoy sa

1. pagkukusa
2. kusang-loob na pag-aalay

Dito, ang #1 ay pinakaakma.

**54:7 “Siya”** Ang MT ay may “ito,” na nauugnay sa “Kaniyang pangalan” sa talata 6 (cf. JPSOA).

Hindi lamang ang salmista “napalaya” (BDB 664, KIB 717, *Hiphil* GANAP) ngunit kaniyang “nakita” (BDB 906, KB 1157, *Qal* GANAP) ang pagkatalo ng kaniyang mga kaaway (cf. Awit 59:10; 92:11; 112:8; 118:7; ito sa kultura, ay katulad sa “tawanan siya” sa Awit 52:6).

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang ibig-sabihin ng salitang "pagpapawalang-sala"?
2. Sino ang mga kaaway na nabanggit sa mga talata 3 at 5?
3. Ipaliwanag ang kahalagahan ng "pangalan" (vv. 1,6).

# AWIT 55

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Pagkawa-sak ng Taksil<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong Mang-aawit sa may kwerdas na mga instrumento. Isang Maskil ni David. | Magtiwala sa Diyos kahit na Pagtataksil ng mga Kaibigan | Isang Panalangin para sa Pag-papalaya mula sa Personal na mga Kaaway | Ang Panalangin ng Isang Pingtaksilan ng isang Kaibigan | Panalangin sa Paninirang-Puri |
| 55:1-3 | 55:1-3 | 55:1-3 | 55:1-3 | 55:1-2b |
| | | | | 55:2c-3 |
| 55:4-8 | 55:4-8 | 55:4-8 | 55:4-9a | 55:4-5 |
| | | | | 55:6-7 |
| | | | | 55:8-9b |
| 55:9-11 | 55:9-11 | 55:9-11 | 55:9b-11 | 55:9c-10a |
| | | | | 55:10b-11 |
| 55:12-15 | 55:12-14 | 55:12-15 | 55:12-15 | 55:12 |
| | | | | 55:13-14b |
| | | | | 55:14c-15 |
| | 55:15 | | | |
| 55:16-21 | 55:16-19 | 55:16-19 | 55:16-19 | 55:16-17b |
| | | | | 55:17c-18 |
| | | | | 55:19 |
| | 55:20-21 | 55:20-21 | 55:20-21 | 55:20-21 |
| 55:22-23 | 55:22 | 55:22 | 55:22 | 55:22 |
| | 55:23 | 55:23 | 55:23 | 55:23a-b |
| | | | | 55:23c |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

> **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 55:1-3**
> **[1]Dinggin mo ang aking dalangin, Oh Diyos;**
> **at huwag kang magkubli sa aking pananaing.**
> **[2]Pakinggan mo ako, at iyong sagutin ako;**
> **ako'y walang katiwasayan sa aking pagdaramdam, at ako'y dumadaing,**
> **[3]Dahil sa tinig ng kaaway,**
> **dahil sa pagpighati ng masama;**
> **sapagka't sila'y naghagis ng kasamaan sa akin**
> **at sa galit ay inuusig nila ako.**

**55:1-3** Ito, tulad ng maraming Awit sa bahaging ito, ay tumutukoy sa mga personal na atake. Ang Awit na ito ay lubusang masakit sa loob sapagkat ang mga sumusugat ay mga kaibigan (cf. vv. 12-14).

Mayroong maraming MGA PAUTOS NG KAHILINGAN, isang PANGKAUTUSAN, at dalawang MGA PANGPANGKAT.

1. dinggin – BDB 24, KB 27, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 5:1; 17:1; 39:12; 49:1; 54:2, atbp.
2. huwag kang magkubli – BDB 761, KB 834, *Hithpael* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 10:1; Panaghoy 3:56
3. pakinggan – BDB 904, KB 1151, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 5:2; 10:17; 17:1; 61:1; 86:6; 142:6
4. sagutin – BDB 772, KB 851, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 4:1; 13:3; 17:6; 38:15; 60:5; 69:13,16,17; 86:1, atbp.
5. ako'y walang katiwasayan – BDB 923, KB 1194, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
   a. di-karaniwang salita na tanging ginamit na apat na beses, tanging dito sa Karunungang Panitikan; ang kahulugan nito ay di-tiyak
   b. ito rin ay maaari na tanganan ang salitang ito bilang "tumaghoy," BDB 242, cf. v. 18; 42:12; 43:5; 77:4; JPSOA
   c. ang NKJV ay sinusubukang pagsamahin ang kapwa mga opsyon na may "panaghoy (BDB 242) na maingay" (BDB 223)
6. Ako ay tiyakang ginugulo (sa literal ay "napakaingay") – BDB 223, KB 242, *Hiphil* PANGPANGKAT, cf. LXX

Ang mga kadahilanan para sa paghingi ng tulong ng salmista sa binigay sa 55:4.

1. Dahil sa tinig ng kaaway
2. dahil sa pagpighati ng masama
3. sila'y naghagis (ang NET Bible ay nagmumungkahing "pagbuhos ng ulan," cf. Awit 140:10) sa akin
4. sa galit ay inuusig nila ako

> **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 55:4-8**
> **[4]Ang aking puso ay nagdaramdam na mainam sa loob ko,**
> **at ang mga kakilabutan ng kamatayan ay nahulog sa akin.**

**[5]Katakutan at panginginig ay dumating sa akin,**
**at tinakpan ako ng kakilabutan.**
**[6]At aking sinabi, "Oh kung ako'y nagkaroon ng mga pakpak na gaya ng kalapati!**
**Lilipad nga ako, at magpapahinga.**
**[7]Narito, kung magkagayo'y gagala ako sa malayo,**
**ako'y titigil sa ilang. Selah.**
**[8]Ako'y magmamadali sa dako ng kanlungan**
**mula sa malakas na hangin at bagyo."**

**55:4-8** Ang istropang ito ay naglalarawan sa nararamdaman ng salmista (hayperpolikong wika) tungkol sa mga pag-atake ng kaniyang mga kaaway.

1. Ang aking puso ay nagdaramdam na mainam sa loob ko – BDB 296, KB 297, *Qal* DI-GANAP, mula sa salitang-ugat para sa kirot sa panganganak
2. ang mga kakilabutan ng kamatayan ay nahulog sa akin – BDB 956, KB 709, *Qal* GANAP, cf. Awit 18:4-5; 116:3
3. Katakutan at panginginig ay dumating sa akin – BDB 97, KB 112, *Qal* DI-GANAP
4. tinakpan ako ng kakilabutan – BDB 491, KB 487, *Piel* DI-GANAP na may *waw*, cf. Isaias 21:4; Ezekiel 7:18

Sa liwanag ng mga pagkatakot na ito, kanyang sinasabi na gusto niyang gawin upang makatakas sa kanila (matalinghagang wika).

1. Oh kung ako'y nagkaroon ng (sa literal ay "magbigay") mga pakpak na gaya ng kalapati – BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
2. Lilipad nga ako – BDB 733, KB 800, *Qal* PANGPANGKAT
3. Ako ay magpapahinga – BDB 1014, KB 1496, *Qal* PANGPANGKAT
4. gagala ako sa malayo – BDB 934, KB 1221, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
5. ako'y titigil sa ilang – BDB 533, KB 529, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
6. Ako'y magmamadaling sisilong – BDB 301, KB 300, *Hiphil* PANGPANGKAT
   a. malakas na hangin – BDB 703 (tanging here)
   b. bagyo – BDB 704

**55:4 "puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 4:7.

▣ **"ang mga kakilabutan ng kamatayan"** Ang kamatayan ay nakakatakot sa nalugmok na sangkatauhan (cf. Awit 18:4-5; 116:3), ngunit Diyos ay may kapangyarihan sa kamatayan at dadalhin ito sa katapusan (cf. Isaias 25:8; Osea 13:14; 1 taga-Corinto 15:50-57; 2 Timoteo 1:10).

**55:7 "Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**55:8 "dako ng kanlungan"** Ang PANGNGALAN (BDB 812) ay makikita lamang dito sa Awit 18:2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 55:9-11**
**[9]Ipahamak mo, Oh Panginoon, at guluhin mo ang kanilang wika,**
**sapagka't ako'y nakakita ng pangdadahas at pagaaway sa bayan.**
**[10]Araw at gabi ay nagsisiligid sila sa mga kuta niyaon,**
**kasamaan man at kahirapan ay nangasa gitna rin niyaon.**
**[11]Kasamaan ay nasa gitna niyaon;**
**ang pagpighati at pagdaraya ay hindi humihiwalay sa kaniyang mga lansangan.**

**55:9-11** Ang istropang ito ay nagpapatuloy na kahilingan sa panalangin of vv. 1-2.

1. ipahamak (sa literal ay "lunukin," i.e., "wasakin") – BDB 118, KB 134, *Piel* PAUTOS; ang salitang-ugat na ito ay maaaring ginamit sa kaunawaan ng "pagkalito," cf. Awit 107:27; Isaias 3:12; 9:16; 19:3; 28:7
2. guluhin ang kanilang wika – BDB 811, KB 928, *Piel* PAUTOS; ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Genesis 11:1-9.

Kapwa ang #1 at #2 ay mga panalangin upang sirain/salungatin ang mga plano at mga pakana ng mga kaaway ng salmista. Tila sila ay nagdudulot ng pagkabagabag sa loob ng bayan ng salmista (kung si David, kung gayon sa Herusalem). Sila ay pulitikal na mga kaaway!

1. ako'y nakakita ng pangdadahas sa lungsod
2. ako'y nakakita ng pagaaway sa lungsod
3. Araw at gabi ay nagsisiligid sila sa mga kuta niyaon
4. katampalasan ay nangasa gitna niyaon
5. kahirapan ay nangasa gitna niyaon
6. pagpighati ay hindi humihiwalay sa kaniyang mga lansangan (sa literal ay plaza, BDB 932)
7. pagdaraya ay hindi humihiwalay sa kaniyang mga lansangan (sa literal ay, plaza/palengke)

Ang Bilang 3; 4; 5 ay maaaring isang pagkabanggit sa mga bantay ng pader. Sa pagkakataong ito, ang mga bantay katampalasan at kalikuan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 55:12-15**

**12 Sapagka't hindi kaaway ang dumuwahagi sa akin,**
**akin nga sanang nabata;**
**ni hindi rin ang nagtatanim sa akin ang nagmamalaki laban sa akin,**
**nagtago nga sana ako sa kaniya.**
**13 Kundi ikaw, lalake na kagaya ko,**
**aking kasama at aking kaibigang matalik;**
**14 Tayo ay maligayang nagpapayuhang magkasama**
**tayo'y lumalakad na magkaakbay sa bahay ng Diyos.**
**15 Dumating nawang bigla sa kanila ang kamatayan;**
**mababa nawa silang buhay sa Sheol,**
**sapagka't kasamaan ay nasa kanilang tahanan, sa gitna nila.**

**55:12-15** Ang istropang ito ay kinilala silang nagdudulot ng pagkabagabag bilang mga kakilala ng salmista.

1. hindi kaaway ang dumuwahagi sa akin – akin nga sanang nabata.
2. hindi rin ang nagtatanim sa akin – nagtago nga sana ako sa kaniya.
3. hindi rin ang nagmamalaki laban sa akin (cf. Awit 35:26; 38:16; Job 19:5) – nagtago nga sana ako sa kaniya
4. ikaw, lalake
   a. na kagaya ko
   b. aking kasama
   c. aking kaibigang matalik
5. Tayo ay maligayang nagpapayuhang magkasama.
6. tayo'y lumalakad na magkaakbay sa bahay ng Diyos.

Ang salmista ay gumanti sa kanilang kataksilan.

1. Dumating nawang bigla sa kanila ang kamatayan – *Qere*, BDB 674, KB 728, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. mababa nawa silang buhay sa Sheol – BDB 432, KB 434, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan; para sa *Sheol* tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6.
3. Ang dahilan para sa naisin ng salmista para sa kanilang kahatulan:

a. kasamaan ay nasa kanilang tahanan (BDB 158)
b. kasamaan ay nasa gitna nila

Yamang ang #3 ay hindi mainam ang pagkakaagapay sa #2, mayroong mga mungkahi para sa pag-aayos nito sa "tirahan."

a. "pumunta ng may pagkatakot sa kanilang libingan"
b. "pumunta ng may pagkatakot sa libingan" (i.e., "imbakan" sa lupa)

**55:14**
**NASB,**
**NKJV,**
**NRSV, REB "na magkaakbay"**
**NJB "nang kanilang inurong ang di-pagkakaayos"**

Ang Hebreong salita (BDB 921) ay di-karaniwan, ginamit ng tanging tatlong na beses sa OT.

1. ang mga bansa ay nasa isang kaguluhan, cf. Awit 2:1
2. isang maingay, nagdiriwang na karamihan ng tao sa templo, cf. Awit 55:14
3. ang kaguluhan sa kanilang ginagawang katampalasan, cf. Awit 64:2

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 55:16-21**

**16 Tungkol sa akin, ay tatawag ako sa Diyos,**
**at ililigtas ako ng Panginoon.**
**17 Sa hapon at sa umaga, at sa katanghaliang tapat, ako'y dadaing at hihibik,**
**at kaniyang didinggin ang aking tinig.**
**18 Kaniyang tinubos ang aking kaluluwa sa kapayapaan mula sa pagbabaka laban sa akin,**
**Sapagka't sila'y marami na nakikipaglaban sa akin.**
**19 Didinggin ng Diyos, at paghihigantihan sila —**
**Kahit na ang isang tumatangan mula pa noong una— Selah.**
**Kung saan ay walang pagkakaiba,**
**at sa kanilang hindi natatakot sa Diyos.**
**20 Kaniyang iniunat ang kaniyang mga kamay**
**laban sa gayon na nasa kapayapaan sa kaniya;**
**kaniyang nilapastangan ang kaniyang tipan.**
**21 Ang kaniyang bibig ay malambot na parang mantekilya,**
**nguni't ang kaniyang puso ay pakikidigma;**
**ang kaniyang mga salita ay lalong mabanayad kay sa langis,**
**gayon ma'y mga bunot na tabak.**

**55:16-21** Ang istropang ito ay naglalarawan sa kung ano ang ginagawa ng Diyos para sa/laban sa

1. ang salmista
2. kaniyang mga taksil

Ang talata 19 ay kapwa isang paglalarawan ng Diyos (i.e., na umuupo sa luklukan na matagal na, cf. Awit 45:6; 93:2; Panaghoy 5:19) at ang mga kaaway (i.e., na hindi nagbabago). Ang kalituhan ay pumapailanlang sapagkat ang ikalawang parirala ay maaaring ipagpalagay sa Diyos (cf. Mateo 3:6), ngunit dito, ito ay tumutukoy sa di-nagbabagong kasamaan ng mga puso ng kaaway ng salmista.

Mga talata 16-19a ay nagpapahayag ng mga panalangin ng salmista at pagtugon ng Diyos.

1. Tatawag ako sa Diyos – BDB 894, KB 1128, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
2. Ililigtas ako ng Panginoon – BDB 446, KB 448, *Hiphil* DI-GANAP
3. ako'y dadaing – BDB 967, KB 1319, *Qal* PANGPANGKAT, cf. Awit 64:1; 142:2; ang salitang-ugat na ito ay maaaring mangahulugang "magbubulay-bulay," cf. Awit 119:15,23,27,148
4. ako'y hihibik – BDB 242, KB 250, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan

5. kaniyang didinggin ang aking tinig – BDB 1033, KB 1570, *Qal* DI-GANAP na may *waw*
6. Kaniyang tinubos ang aking kaluluwa mula sa pakikibaka – BDB 804, KB 911, *Qal* GANAP, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 19:14
7. Didinggin ng Diyos, v. 19a – BDB 1033, KB 1570, *Qal* DI-GANAP

Sa talata 19b, ang Diyos ay sasagot sa mga kaaway (sa kaunawaan ng, "ibigay sa kanila ang nararapat" – BDB 772, KB 851, *Qal* DI-GANAP; ang salitang-ugat na ito ay maaaring mangahulugang "managot" o "magpahirap" Aanihin natin kung ako ang ating tinanim! Mga talata 19c- 21 ay naglalarawan kanilang mga puso at mga pagkilos (sama-samang "siya," cf. 55:18c).

1. walang pagbabago (walang PANDIWA)
2. sila ay hindi natatakot sa Diyos
3. kanilang inilalagay ang kanilang mga kamay laban sa sa kanilang nasa kapayapaan
4. kanila nilalabag ang kasunduan
5. sila ay may makinis na pananalita ngunit may paglalaban sa kanilang mga puso
6. kanilang malambot na mga salita ay tulad ng mga binunot na tabak

Ang lahat ng ang MGA PANDIWA sa #2-6 ay MGA GANAP, nagpapakilala ng isang napagpasiyahong ugali ng poot at paghihimagsik.

**55:17 "sa hapon at sa umaga, at sa katanghaliang tapat"** Ang araw ay nagsisimula sa gabi para sa sinaunang mga Israelita dahil sa Genesis 1:5,8,13,19,23,31. Ang "tanghali" ay nagpapahiwatig isang mas nahuling panahon panahon kapat ang Judaismo ay may tatlong bese na panalangin (cf. Daniel 6:10):

1. sa oras ng pang-umagang pag-aalay (mga 9 n.u.)
2. tanghali
3. at sa oras ng panggabing pag-aalay (mga 3 n.h.)

Ito ay iyakang maaaring ang parirala ay isang wikain para sa "pagpapatuloy."

**55:19 "Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 55:22-23**

**22 Ilagay mo ang iyong pasan sa PANGINOON, at kaniyang aalalayan ka;**
**hindi niya titiising makilos kailan man ang matuwid.**
**23 Nguni't ikaw, Oh Diyos, ibababa mo sila sa hukay ng kapahamakan;**
**mga mabagsik at magdarayang tao ay hindi darating sa kalahati ng kanilang mga kaarawan; nguni't titiwala ako sa iyo.**

**55:22-23** Ang pangwakas na istropa ay isang kabaliktaran sa gagawin ng Diyos para sa matapat na tagasunod at laban sa walang pananampalatayang (mga) kaibigan.

1. ang matapat na tagasunod
   a. ang salmista ay nagpaalala sa kanila na ilagak (BDB 1020, KB 1527, *Hiphil* PAUTOS) ang kanilang pasanin (i.e., "palad," BDB 396, tanging dito sa Awit 37:5) kay YHWH (cf. 1 Pedro 5:7)
   b. sundin ang halimbawa ng salmista, "ako ay magtitiwala sa Iyo"
2. ang walang pananampalataya (mga) kaibigan
   a. ibababa sila sa hukay ng kapahamakan
   b. mga mabagsik at magdarayang tao ay hindi darating sa kalahati ng kanilang mga kaarawan

Sa liwanag ng pagtitiwala ng matapat, si YHWH ay

1. aalalayan sila – BDB 465, KB 463, *Pilpel* DI-GANAP, cf. Ruth 4:15; Nehemiah 9:21
2. hindi niya titiising makilos kailan man – BDB 557, cf. Awit 125:1; Kawikaan 10:30

Tandaang ang Awit na ito ay naglalarawan ng sakit ng pagtataksil at ang maraming mga gabi ng panalangin at panghihina ng loob at ang mga pagkilos ng walang pananampalatayang (mga) kaibigan. Ang mga huling talata ay hindi isang pangako ng kawalan ng mga suliranin ngunit ang presensiya at presensiay ni YHWH. Sa huli, ang lahat ay maitatakdang matuwid. Tayo ay nabubuhay sa isang nalugmok na mundo, may kinikilingan at di-maka-Diyos na mundo. Ang mga mananampalataya ay nagdurusa at pinakikitunguhan nang masama ngunit dito ay mas higit sa buhay kay sa kagyat na mga pangyayari!

Isang panghuling puna, ito ay hindi tiyak kung sino ang nagsasalita sa istropang ito at, samakatuwid, kung sino silang pinagsasabihan.

1. isang saserdote o propeta na narinig ang salmista at tumugon sa kaniya
2. ang salmista ay nagsasalita sa
    a. kanyang sarili
    b. kaniyang mga mambabasa
    c. ibang nasaktan ng mga kaibigan

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang mga kaaway? Bakit ang kanilang mga pagkilos lubhang masakit para sa salmista?
2. Ilarawan ang mga nararamdaman ng salmista. (cf. vv. 4-8)
3. Paano maiaakma ang mga talata 9-11 sa Awit na ito? Anong lungsod ang tinutukoy dito?
4. Ano ang suliranin sa pagbibigay-kahulugan sa talata 19?
5. Ilagay ang inyong sariling mga salita ang uri ng tao na pinag-uusapan sa talata 21.
6. Sino ang nagsasalita sa mga talata 22-23 at para kanino?
7. Itala ang mga pagkilos ng Diyos sa mga talata 22-23.

# AWIT 56

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagsamo para sa Pagpapalaya at Mapagpasalamat na Pagtitiwala sa Diyos<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit; sang-ayon kay Jonath elem rehokim. Isang Mikhtam ni David nang ang Philistino ay linupig siya sa Gath. | Panalangin para sa Kaglinhawaan mula sa mga Nagpapahirap | Isang Panalangin para sa pagpapalaya mula sa mga personal na kaaway | Isang Panalangin ng Pagtitiwala sa Diyos | Magtiwala sa Diyos |
| 56:1-7 | 56:1-2 | 56:1-4 | 56:1-4 | 56:1-2 |
| | 56:3-4 | | | 56:3-4 |
| | 56:5-7 | 56:5-7 | 56:5-7 | 56:5-6 |
| | | | | 56:7-9a |
| 56:8-13 | 56:8-11 | 56:8-11 | 56:8-11 | |
| | | | | 56:9b-11 |
| | 56:12-13 | 56:12-13 | 56:12-13 | 56:12-13 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 56:1-7**
**[1]Maawa ka sa akin, Oh Diyos: sapagka't sasakmalin ako ng tao;**
**buong araw ay nangbababag siya na pinipighati ako.**

**[2]Ibig akong sakmalin ng aking mga kaaway buong araw,**
**sapagka't sila'y maraming may kapalaluan na nagsisilaban sa akin.**
**[3]Sa panahong ako'y matakot,**
**aking ilalagak ang aking tiwala sa iyo.**
**[4]Sa Diyos ay pupuri ako ng kaniyang salita,**
**sa Diyos ay inilagak ko ang aking tiwala;**
**hindi ako matatakot.**
**anong magagawa ng laman sa akin?**
**[5]Buong araw ay binabaligtad nila ang aking mga salita;**
**lahat ng kanilang mga pagiisip ay laban sa akin sa ikasasama.**
**[6]Sila'y nagpipisan, sila'y nagsisipagkubli,**
**kanilang tinatandaan ang aking mga hakbang,**
**gaya ng kanilang pagaabang sa aking kaluluwa.**
**[7]Tatakas ba sila sa pamamagitan ng masama,**
**Sa galit ay ilugmok mo ang mga bayan, Oh Diyos!**

**56:1-7 "Maawa ka"** Ang PAUTOS na ito (BDB 335, KB 334) ay pinasisimula ang maraming Awit (cf. Awit 4:1; 6:2; 51:1; 57:1 [dalawang beses]; 86:3; 123:3 [dalawang beses]) at ito ay makikita sa maraming iba pa (cf. Awit 9:13; 25:16; 26:11; 27:7; 30:10; 31:9; 41:4,10; 86:16; 119:29,58,132). Ito ay kadalasang nauugnay sa

1. pagpapalaya mula sa mga kaaway
2. kapatawaran ng mga kasalanan

Sa Awit na ito ang panalangin ay dahil sa #1. Pansinin kung paanong ang salmista ay naglalarawan ng kaniyang mga kaaway (vv. 1-2).

1. sakmalin (o "mahapo," katulad na mga katinig) siya, v. 2 – BDB 983 II, KB 1375, *Qal* GANAP, cf. v. 3; Awit 57:3; Ezekiel 36:3; Amos 8:4
2. may kapalaluan na nagsisilaban sa kaniya, v. 2 – BDB 535, KB 526, *Qal* PANDIWARI
3. binabaliktad (sa literal ay "guluhin" siya) ang kaniyang mga salita, v. 5 – BDB 780, KB 864, *Piel* DI-GANAP
4. kanilang mga pagiisip ay laban sa kaniya, v. 5 – walang PANDIWA
5. nagpipisan (sa literal "magsimula ng pag-aaway"), v. 6 – BDB 158, KB 184, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 59:3; 140:3
6. nagsisipagkubli (sa literal ay "magtago"), v. 6 – ang MT ay may *Hiphil* DI-GANAP, *Qere Qal* DI-GANAP of BDB 860, KB 1049
7. tinatandaan ang kaniyang mga hakbang (sa literal, "mga sakong"), v. 6 – BDB 1036, KB 1581, *Qal* DI-GANAP (i.e., upang malaman ang panahon at lugar sa paglusob), cf. Awit 71:10
8. pagaabang sa kaniyang kaluluwa, v. 6 – BDB 875, KB 1082, *Piel* GANAP, cf. Awit 119:95

**56:1 "buong araw"** Pansinin na ang wikaing ito para sa nagpapatuloy na paglusob ay na ginamit sa mga talata 1, 2, at 5.

Ang salmista ay tumitingin sa isang araw (cf. v. 3) na ang kaniyang mga kaaway ay magbabago, v. 9a. Sa Bibliya, ang "araw" ay maaaring tumukoy sa

1. pansamantalang kahatulan
2. eskatolohikong kahatulan

Tingnan ang Natatanging Paksa: Sa Araw na Ito sa Awit 11:4b.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB Margin** | **"taong nagbababag"** |
| **NRSV** | **"mga kalaban"** |
| **TEV** | **"mga kaaway"** |

**JPSOA** **"nagpapahirap"**
**REB** **"mga lumulusob"**

Ang MT ay may *Qal* TAHAS NA PANDIWARI ng PANDIWA "lumaban" (BDB 535, KB 526). Ang katulad na pangkat na ito ay tinatawag na "lalaki" (i.e., mahinang mga lalaki, BDB 60).

**56:2 "kapalaluan"** Ang MT ay may PANGNGALANG "taas" (BDB 928). Ito ay isinalin sa dalawang paraan.

1. ang pagmamataas ng mga kaaway, NASB, NIV
2. bahagi ng titulo para sa Diyos
   a. "Kataas-taasan," LXX, NKJV, NRSV, REB
   b. "Panginoon Makapangyarihan," TEV
   c. "O Siyang Dakila," JPSOA

**56:3** Talata 3 ay isang inulit na paksa; inulit sa mga talata 4 at 11.

1. Ako'y matakot – BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP
2. aking ilalagak ang aking tiwala sa Diyos – BDB 105, KB 120, *Qal* DI-GANAP, tingnan ang tala sa Awit 4:5
3. hindi ako matatakot, vv. 4,11, cf. Awit 112:7-8; 118:6

**56:4 "Sa Diyos, pupuri ako ng kaniyang salita"** Pansining ito ay inulit sa talata 10 sa isang magkakaagapay na paraan kung saan ang *Elohim* at YHWH ay magkaugnay.

Ang "salita" (BDB 182) ay isang pagkakaagapay sa "Iyong mga panata" (BDB 623), v. 12. Mayroong maraming mga terminong ginamit upang ilarawan ang mga kapahayagan ni YHWH. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2.

▣ **"anong magagawa ng laman sa akin"** Ang katulad na damdamin ay naihayag sa Awit 118:6 at sinipi sa Hebreo 13:6. Ang konsepto ay makikita rin sa kaugnayan nito sa espiritwal na mga pwersa sa taga-Roma 8:31,35-39.

**56:7** Dahil sa masama at nagpapatuloy na mga pag-atake, ang salmista ay humiling sa Diyos na kumilos sa kahatulan laban sa kaniyang mga kaaway.

1. tatakas sila (sa literal "para sa mga krimen, sila ay tatakas," NKJV) – BDB 812, KB 930, *Piel* PAUTOS
   a. ang PANDIWA ay nangangahulugang "palayain," cf. Awit 17:13; 18:3, kaya dito, ito ay kailangan bang isang katanungan o ang salin ay kailangang magdagdag ng isang negatibo sa pamamagitan ng pag-aayos sa "mga krimen" (REB, LXX)
   b. ito ay maaari ring baguhin sa "pagpapalaya," BDB 812, פלט, upang "timbangin," BDB 814, פלס
2. ilugmok mo ang mga bayan – BDB 432, KB 434, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 55:23. Ito ay nakakagulat na "ang mga bayan," na kadalasang ginamit sa pambansang pangkat (NEB, REB), ay ginamit dito. Mayroong maraming mga teoriya.
   a. ito ay isang maharlikang Awit at tumutukoy sa iba pang mga bansa
   b. ito ay isang Israelita/Judeong pamumuhay sa gitna ng maraming dayuhan
   c. isang paraan lamang ng pagtukoy sa kaniyang mga kaaway na kumikilos tulad ng di-kasunduang mga tao

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 56:8-13**

**[8]Iyong isinasaysay ang aking mga paggagala;**
**ilagay mo ang aking mga luha sa iyong botelya.**

**wala ba sila sa iyong aklat?**
**[9]Tatalikod nga ang aking mga kaaway sa kaarawan na ako'y tumawag;**
**ito'y nalalaman ko, sapagka't ang Diyos ay kakampi ko.**
**[10]Sa Diyos, pupuri ako ng salita,**
**sa Panginoon, pupuri ako ng salita,**
**[11]Sa Diyos ay inilagak ko ang aking tiwala, hindi ako matatakot.**
**anong magagawa ng tao sa akin?**
**[12]Ang iyong mga panata ay sa akin, Oh Diyos;**
**ako'y magbabayad ng mga handog na pasalamat sa iyo.**
**[13]Sapagka't iniligtas mo ang aking kaluluwa sa kamatayan,**
**hindi mo ba iniligtas ang aking mga paa sa pagkahulog?**
**upang ako'y makalakad sa harap ng Diyos**
**sa liwanag ng buhay.**

**56:8-13** Ang istropang ito ay tumutukoy sa matibay na pananampalataya ng salmista na ang Diyos ay kasama niya at para sa kaniya. Isang araw, ang kaniyang mga kaaway ay haharapin ang mga kahihinatnan ng kanilang mga pagkilos (v. 9).

**56:8** Natataman ng Diyos kung anong pinagdadaanan ng salmista (cf. Exodo 3:7). Kaniyang ipinapahayag ang pananampalatayang pananaw sa mundon ito (i.e., batay sa mga pangako ng Banal na Kasulatan) sa

1. ang PANDIWA, "isinasaysay" (i.e., nalalaman ng Diyos) – BDB 707, KB 765, *Qal* GANAP
2. ang PANDIWA, "ilagay mo ang aking mga luha sa iyong botelya" – BDB 962, KB 1321, *Qal* PAUTOS (i.e., kahilingan sa panalangin); isang talinghaga para sa pag-alala ng paghihirap at kasamaan na naranasan ng salmista sa mga kamay /mga salita ng kaniyang mga kaaway
3. Iyong aklat – ang salitang "aklat" (BDB 707) ay lubhang katulad sa PANDIWA "isinasaysay" (BDB 707). "Ang aklat" ay isang biblikal na wikain sa ala-ala ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Dalawang Aklat ng Diyos sa Awit 9:5.

▣ **"botelya"** Ang salita (BDB 609) ay nangangahulugan ng isang balat ng hayop (tupa) na tinahi sa isang sisidlan para sa likido (cf. Joshue 9:4,13; Mga Hukom 4:19; 1 Samuel16:20; Awit 119:83).

▣
**NASB,**
**NKJV,**
**JPSOA** **"mga paggagala"**
**NRSV** **"mga paghulugas"**
**TEV** **"gaano kaligalig"**
**NJB** **"mga pighati"**
**REB** **"dalamhati"**

Ang Hebreong PANGNGALAN (BDB 627 I) ay matatagpuan lamang dito. Ito ay ang katulad na mga katinig sa "lumipat sa at mula sa" "naggala," "balisa," "nagpakita ng dalamhati" (BDB 626). Ang pagkagamit ng "naggala" ay makikita sa Awit 36:11; 59:11; 2 Mga Hari 21:8. Mayroong isang paglalaro ng tunog sa Hebreong sa pagitan ng "paggala" at "botelya"

**56:9 "na ako'y tumawag"** Ito ay maaarin, na ang "pagtawag" ay ang pagpapahayag ng pananampalataya.

1. v. 9b
2. v. 3a

3. v. 4a-b

Kung anuman ang tinutukoy nito, ito ay nagpapakilala isang pagkilos ng kusang pananampalataya. Mayroong isang teolohikong pag-iigting sa pagitan ng kapangyarihan ng Diyos at ang malayang pagpili ng tao. Kapwa ay kinakailangan para sa kasunduan. Tingnan ang Natatanging mga Paksa sa Awit 25:12 sa Awit 25:10.

▣ **"ito'y nalalaman ko, sapagka't ang Diyos ay kakampi ko"** Ito ay isang paglalaro sa mga kahulugan ng Hebreong salitang "malaman" (BDB 393). Tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala sa Awit 1:6.

**56:12 "mga panata"** Ito ay maaari na iba pang paraan sa pagtukoy sa mga pangako ng Diyos (cf. v. 10b) o ito ay maaaring tumukoy sa mga pangako ang salmista na ginawa sa Diyos. Kapag sila ay ay natupad,

1. isang pag-aalay ang kailangan (cf. v. 12b)
2. verbal na pagpuri ang kailangan

Sa konteksto itong, ito ay maaaring tumukoy sa pagkatako ng salmista sa kamatayan sa pamamagitan ng kaniyang mga kaaway at samakatuwid, kanyang hinihiling na iligtas siya ng Diyos. Sa kahilingang ito, siya ay gumawa ng parang isang panata. Iniligtas siya ng Diyos, ngayon, kailangan niyang tuparin ang kaniyang panata.

**56:13** Ang salmista ay binabanggit ang maraming mga bagay na ginagawa sa kanya ng Diyos.

1. iniligtas mo ang aking kaluluwa sa kamatayan – BDB 664, KB 717, *Hiphil* GANAP; ito ay kailangang maiugnay sa talata 6
2. iniligtas ang aking mga paa sa pagkahulog at, samakatuwid, pinahintulutan siyang makalakad sa harapan ng Diyos; maka-Diyos pamumuhay ay inilalarawan bilang isang malinaw, pantay, walang sagabal na landas/daan (tingnan ang tala sa Awit 1:1). Kinalang "tinatandaan ang aking mga hakbang" sa v. 6, ngunit ngayon, ang Diyos ay tumutulong sa kanyang paglakad.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang puso ng Awit ay isang inulit koro, ano ito?
2. Ipaliwanag ang wikain ng "aklat." Ilang "mga aklta" ang binanggit ng Bibliya na iniingatan ng Diyos keeps?
3. Ano ang ipinapahiwatig ng "sa araw na iyon"?
4. Ipaliwanag ang talata 10 sa iyong sariling mga salita.
5. Ano ang ibig sabihin ng "makalakad sa harap ng Diyos"?

# AWIT 57

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Pagsagip mula sa Mga Umuusip<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit; itnakda kay Al-tashheth. Isang Mikhtam ni David nang siya tumakay kay Saul, sa Yungib o kweba. | Panalangin para sa Pag-iingat mula sa mga Kaaway | Isang Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa mga Personal na Kaaway | Isang Panalanging Humihingi ng tulong | Sa Gitna ng mga Mabagsik na Kaaway |
| 57:1-3 | 57:1 | 57:1-3 | 57:1 | 57:1 |
| | 57:2-3 | | 57:2-3 | 57:2-3 |
| 57:4-6 | 57:4-5 | 57:4 | 57:4 | 57:4 |
| | | 57:5 | 57:5 | 57:5-6 |
| | 57:6 | 57:6-10 | 57:6 | |
| 57:7-11 | 57:7-8 | | 57:7-11 | 57:7 |
| | | | | 57:8 |
| | 57:9-10 | | | 57:9-11 |
| | 57:11 | 57:11 | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakababahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay ipinapakilala sa pamamagitan ng paggamit ng dalawahan (o tatluhang)

mga salita.
1. Maawa ka sa akin, v. 1
2. nanganganlong, v. 1
3. Ang aking puso ay matatag, v. 7
4. gumising, v. 8

B. Sa mga talata 6 at 7 mayroong maraming MGA PANDIWA na nagsisimula sa Hebreong titik *Kaph*.
   1. hinahandaan – BDB 465, KB 464
   2. nakayuko – BDB 496, KB 493
   3. nagsihukay – BDB 500, KB 496
   4. nangahulog – BDB 656, KB 709
   5. matatag – BDB 465, KB 464 (dalawang beses)

   Gayundin, ang MGA PANGNGALAN
   1. kaluwalhatian, v. 5 – BDB 458
   2. aking kaluluwa/kalooban, v. 8 – BDB 458 (ang NASB ay may "kaluwalhatian," BDB 458)
   3. kudyapi o alpa, v. 8 – BDB 490

C. Ang talata 6 ay isang karaniwang "pagbaliktad" na paksa, na lubhang karaniwang sa OT. Ang mga kaaway ay nagplano ng kasamaan ngunit ay nahuli sa kanilang sariling mga pamamaraan.

D. Dalawang susi na teolohikong mga termino ay inulit.
   1. kagandahang-loob (*hesed*) – BDB 338, cf. vv. 3 (pagbibigay-katauhan), 10 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7)
   2. katapatan/katotohanan (*emet*) – BDB 54, vv. 3 (pagbibigay-katauhan), 10 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1)

E. Ang Awit na ito ay binabanggit "ang mga bansa." Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH at Panimula sa Awit 2.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 57:1-3**

**1 Maawa ka sa akin, Oh Diyos, maawa ka sa akin,**
**sapagka't ang aking kaluluwa ay nanganganlong sa iyo;**
**Oo, sa lilim ng iyong mga pakpak ay manganganlong ako**
**hanggang sa makaraan ang mga kasakunaang ito.**
**2 Ako'y dadaing sa Diyos na Kataastaasan,**
**sa Diyos na nagsagawa ng lahat na mga bagay sa akin.**
**3 Siya'y magsusugo mula sa langit, at ililigtas ako;**
**pagka yaong lulunok sa akin ay dumuduwahagi. Selah.**
**susuguin ng Diyos ang kaniyang kagandahang-loob at ang kaniyang katotohanan.**

**57:1** Ang Awit na ito ay ipinapakilala sa pamamagitan ng dalawahang paggamit ng mga salita (i.e., Hebreong pagkakaagapay, tingnan ang Panimulang Artikulo sa Hebreong Panitikan). Tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, A.

▣ **"Maawa ka sa akin"** Talata 1 (dalawang beses). Tingnan ang tala sa Awit 56:1.

▣ **"manganganlong"** Ang PANDIWA (BDB 340, KB 334) ay isang inuulit na paksa sa Awit. Tingnan ang tala sa Awit 5:11. Dito, mayroong isang paglalaro sa pagitan ng

1. ang GANAP na nagpapakilala ng pagkilos at isang kinalabasang kalagayan
2. ang DI-GANAP na nagpapakilala ng nagpapatuloy na walang-tigil na pagkilos

▣ **"sa lilim ng iyong mga pakpak"** Ito ay isa sa maraming pambabaeng mga talinghaga upang ilarawan Diyos.

1. bilang isang inahing ibon – Genesis 1:2; Exodo 19:4; Deuteronomio 32:11; 33:12; Isaias 31:5
2. nagpapasusong ina – Isaias 49:15; 66:13; Osea 11:4 (pag-aayos)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Anino bilang Talinghaga para sa Proteksyon at Pagkalinga sa Awit 5:11-12.

▣ **"hanggang sa makaraan ang mga kasakunaang ito"** Ito ay nagpapatuloy na talinghaga ng Diyos bilang isang inahing ibon. Pansining "kasakunaan" (i.e., mga mapangwasak na hangin o unos, BDB 217, cf. katulad ng mga termino sa Awit 55:8) ay pagbibigay-katauhan sa (cf. Isaias 26:20).

**57:2 "Diyos na Kataastaasan"** Ito ay ang pangalang *Elohim* (BDB 43, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1) isinama sa *Elyon* (BDB 751 I). Tingnan ang tala sa 7:17.

▣ **"Diyos"** Ito ay *El* (BDB 42), ang pangkahalatang pangalan para sa pagka-Diyos sa ANE.

▣ **"na nagsagawa ng lahat na mga bagay sa akin"** Anong isang napabilang na pananampalatayang pag-aangkin (cf. Awit 138:8). Ang karanasan ay nagsasabing ang "lahat ng" ay kailangang bigyang kahulugan at takdaan. Ngunit ang matapat na tagasunod ay nanampalataya (cf. taga-Filipos 1:6).

Sa kontekstong ito, ang mga pagkilos ng Diyos ay nakatala sa talata 3.

1. magsusugo mula sa langit – sino o ano ay hindi tinukoy
2. ililigtas ako – mula sa mga masamang kaaway (cf. 57:4,6)
3. lulunok sa akin ay dumuduwahagi (cf. Awit 56:2) – BDB 357 I; ito ay nangangahulugang "pagwikaan" o "ilagay sa kahihiyan" sa kanilang nagsasabi ng matatalas na bagay (tingnan ang ang mga kaaway na inilarawan bilang mga mabangis na leon na may matatalas na ngipin, v. 4)
4. susuguin ang kaniyang kagandahang-loob at ang kaniyang katotohanan, cf. Awit 89:14 at gayundin sa Awit 43:3, kung saan ang "liwanag" at "katotohanan" ay pagbibigay-katauhan sa mga lingkod ni YHWH

**57:3 "magsusugo mula sa langit"** Ang terminong "langit" ay may dalawang magkaibang pagkakagamit.

1. ang atmospera sa ibabaw ng lupa (cf. 57:5)
2. ang lugar na tinatahanan ni YHWH (cf. 57:5)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Kalangitan sa Awit 8:1. Sa OT kaisipan, ang Diyos ay nangingibabaw. Ang Kabanal-banalan ng Israel ay hiwalay mula sa makasalanang mga nilalang pagkatapos ng Genesis 3. Siya ay nanahan sa Israel sa Kabanal-banalang dako, sa pagitan ng mga pakpak ng *Cherubim*, na nasa taas ng luklukan ng kahabagan ng arko ng kasunduan (na sinasagisag ang lugar ng katubusan, cf. Levitico 16). Mayroong isang layuning pag-iigting sa pagitan ng nangingibabaw ng kabanalan ni YHWH at pagkamalapit sa Israel.

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 57:4-6**

**4 Ang aking kaluluwa ay nasa gitna ng mga leon;**
**ako'y nahihiga sa gitna niyaong mga pinaningasan ng apoy,**
**sa mga anak ng tao, na ang mga ngipin ay sibat at mga pana**
**at ang kanilang dila ay matalas na tabak.**
**5 Mabunyi ka, Oh Diyos, sa itaas ng mga langit;**
**mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa.**
**6 Kanilang hinandaan ng silo ang aking mga hakbang;**
**Ang aking kaluluwa ay nakayuko;**
**sila'y nagsihukay ng isang lungaw sa harap ko;**
**Sila'y nangahulog sa gitna niyaon. Selah.**

**57:4-6** Ang mga talatang ito ay naglalarawan sa mga kaaway ng salmista at sa kaniyang Diyos na nagtataguyod sa kaniya (cf. v. 2).

1. ang mga kaaway
   a. tulad ng mga leon
   b. bumubuga ng apoy (o, KB 521 II, upang lumamon, tanging makikita dito)
   c. mga ngipin/ mga salita ay mga sibat at mga palaso
   d. naghanda ng isang patibong upang mahuli at mapatay siya ngunit mahuhulog ito sa kanilang mga sarili (cf. Kawikaan 26:27)
2. Diyos (cf. vv. 5,11)
   a. mabunyi – BDB 926, KB 1202, *Qal* PAUTOS, dito ang "mga langit" ay tumutukoy sa atmospera sa ibabaw ng lupa (tingnan ang pagkakaagapay)
   b. mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa
3. ang salmista
   a. ako'y nahihiga sa gitna niyaon. . . – BDB 1011, KB 1486, *Qal* PANGPANGKAT
   b. Ang aking kaluluwa ay nakayuko – BDB 496, KB 493, *Qal* GANAP

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 57:7-11**

**7 Ang aking puso ay matatag, Oh Diyos, ang aking puso ay matatag;**
**ako'y aawit, oo, ako'y aawit ng mga pagpuri!**
**8 Gumising ka, kaluwalhatian ko!**
**gumising ka, salterio at alpa!**
**ako'y gigising na maaga.**
**9 Ako'y magpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon, sa gitna ng mga bayan;**
**ako'y aawit sa iyo ng mga pagpuri sa gitna ng mga bansa.**
**10 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay dakila hanggang sa mga langit**
**at ang iyong katotohanan hanggang sa mga alapaap.**
**11 Mabunyi ka, Oh Diyos, sa itaas ng mga langit;**
**mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa.**

**57:7-11** Ang istropang ito ay halos tiyakang katulad ng Awit 108:2-6. Ito ay maaaring isang liturhikong koro.

**57:7-9** Ang istropang ito ay nagpapahayag ng pananampalataya sa salmista at pagtitiwala sa mga pagkilos ni YHWH sa kaniyang kapakanan.

1. Ang aking puso ay matatag, v. 7 (dalawang beses) – BDB 465, KB 464, *Niphal* PANDIWARI
2. Ako'y aawit, v. 7 – BDB 1010, KB 1479, *Qal* PANGPANGKAT
3. Ako'y aawit ng mga papuri, v. 7 – BDB 274, KB 273, *Piel* PANGPANGKAT

4. Gumising, kaluwalhatian ko (o "aking kaluluwa," sa literal "kaloob-looban," kapwa BDB 458), v. 8 – BDB 734, KB 802, *Qal* PAUTOS
5. gumising ka, salterio at alpa (i.e., mga instrumento para sa salmista upang papurihan ang Diyos), v. 8 – BDB katulad ng PANDIWA sa #4
6. ako'y gigising na maaga, v. 8 – BDB 734, KB 802, *Hiphil* PANGPANGKAT
7. Ako'y magpapasalamat, v. 9 – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
8. ako'y aawit ng mga pagpuri, v. 9 – BDB 274, KB 273, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan

**57:9** Pansinin ang pagkakaagapay sa pagitan ng "ang mga tao" (BDB 766 I) at "ang mga bansa" (BDB 115 at BDB 52, i.e., hindi kasunduang mga tao). Mayroong isang inuulit na pagbibigay-diin sa Awit sa pangkalahatang aspeto ng Diyos ng Israel (cf. Awit 9:11b; 18:47,49; 105:1; 145:12-13). Ang kahihinatnan ng monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:7) ay mayroong isang tanging tunay na Diyos na naglalang ng lahat ng mga tao sa Kaniyang larawan para sa pagsasama-sama (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH sa Awit 2 Panimula).

**57:10** Ang talatang ito ay inuulit ang pagbibigay-katauhan sa mga lingkod ng Diyos (i.e., *hesed* at *emet*) mula sa talata 3. Sila ay kapwa sinasabing "nasa taas" ng mga langit at mga ulap (i.e., atmospera ito ng planeta), na nagpapakilala ng

1. kanilang kadakilaan
2. kanilang simula sa Diyos

**57:11** Inuulit nito ang talata 5. Ito ay gumaganapo bilang isang paraan ng paghahayag ng kadakilaan ng Diyos (i.e., Kaniyang pagkamataas na higit sa Kaniyang nilalang).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ipaliwanag ang ang talinghaga ng "sa lilim ang iyong mga pakpak," v. 1.
2. Itala ang tatlong mga pangalan para sa pagka-Diyos sa talata 2 at ipaliwanag ang kanilang implikasyon.
3. Bigyang-kahulugan ang "langit."
4. Bakit binibigyang-katauhan ang mga aspeto ng katangian ng Diyos?
5. Ipaliwanag ang talata 9 sa liwanag ng monoteismo.

# AWIT 58

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Pagpapa-rusa ng mga Masasama<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit; itinakda kay Al-tashheth. Isang Mikhtam ni David. | Ang Matuwid na Kahatulan ng Masasama | Sumpa sa mga Kaaway | Isang Panalangin sa Diyos upang Parusahan ng Masama | Ang Hukom ng mga Mga Hukom ng Mundo |
| 58:1-5 | 58:1-2 | 58:1-2 | 58:1-2 | 58:1-2 |
| | 58:3-5 | 58:3-5 | 58:3-5 | 58:3-5 |
| 58:6-9 | 58:6-8 | 58:6-9 | 58:6-9 | 58:6-8 |
| | 58:9-11 | | | 58:9-11 |
| 58:10-11 | | 58:10-11 | 58:10-11 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay tumutukoy sa mga di-matuwid na hukom at kanilang di-tapat, mga pansariling layunin.

B. Ang mga pinunong ito (i.e., mga lalaking tupa) ay inilalarawan bilang makasalanan mula sa kapanganakan (cf. Awit 51:5, i.e., silanganing hayperbol).

C. Ang kahatulan ng Diyos rightly falls on these religious pretenders with graphic violence.

D. Ang matuwid rejoice that Diyos mga gawa laban sa kasamaan at corruption. Siya will pamumuno in katuwiran over isang bagong mundo isang day!

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 58:1-5**
**1Tunay bang kayo'y nangagsasalita ng katuwiran Oh mga diyos?**
**Nagsisihatol ba kayo ng matuwid, Oh kayong mga anak ng mga tao?**
**2Hindi, sa puso ay nagsisigawa kayo ng kasamaan;**
**inyong tinitimbang ang pangdadahas ng inyong mga kamay sa lupa.**
**3Ang masama ay naliligaw mula sa bahay-bata;**
**sila'y naliligaw pagkapanganak sa kanila, na nagsasalita ng mga kasinungalingan.**
**4Ang kanilang kamandag ay parang kamandag ng ahas;**
**sila'y gaya ng binging ahas na nagtatakip ng kaniyang pakinig,**
**5At hindi nakakarinig ng tinig ng mga enkantador,**
**na kailan man ay hindi umeenkanto ng gayon na may karunungan.**

**58:1** Mayroong ng ilang katanungan tungkol sa kung papaano isasalin ang unang linya. Ito ay maliwanag sa isang kasingkahulugan magkakaagapay na pakikipag-ugnayan ikalawang linya.

| | |
|---|---|
| NASB | "Oh mga diyos" |
| NKJV | "kayong mga tahimik" |
| NRSV | "kayong mga diyos" |
| NJB | "maka-Diyos na katulad niyo" |
| JPSOA | "Oh isang makapangyarihan" |
| REB | "kayong mga pinuno" |

Ang UBS Text Project (p. 268) ay binibigyan ang terminong "tahimik" ng isang "B" na antas (ng ilang pagduruda) at nagmumungkahi isang salin tulad ng, "Ito ba ay tunay na isang katahimikan ng katuwiran na iyong sinasabi?", i.e., ikaw ba ay tunay na nagsasalita upang itago sa katahimikan ang katuwiran?

Ang MT ay may אלם, na maaaring maiugnay sa BDB 48 (katahimikan) o BDB 18 III (mga malakas na panginoon). Kung anuman ito, ito ay kailangang magkakaagapay sa "ang mga anak na lalaki ng tao" sa ikalawang linya. Kaya, ito ay di-maaaring tumukoy sa "mga diyos," ngunit mga pangmamamayang pinuno (i.e., mga hukom, cf. Awit 82; Exodo 22:8-9; Deuteronomio 1:17; 2 Cronica 19:6) mula sa ang salitang-ugat na "lalaking tupa" (BDB 17, cf. Exodo 15:15; 2 Mga Hari 24:15; Ezekiel 17:13; 31:11; 32:21; 34:17).

Ang LXX, Peshitta, at Vulgato ay binago ang mga patinig upang isang KASALUNGAT, "Ikaw ba katuwiran?"

**58:2-5** Ang mga talatang ito ay inihahayag ang tunay na kalikasan ng mga pinuno ito.
1. gumagawa ng kawalang-katuwiran sa puso, v. 2
2. timbangin ang karahasan ng iyong mga kamay
3. hiniwalay mula sa sinapupunan (tingnan ang buong tala sa Awit 51:5; ito ay silanganing hayperbolikong paglalarawan, hindi teolohiya)
4. nagsasalita ng kasinungalingan sa lahat ng kanilang mga buhay
5. mayroong kamandag ng ahas
6. tumangging mabighani (sa literal ay "bumulong") – BDB 538, KB 527, dito, ginamit ang mga tagabighani ng ahas. Iniisip ng mga mga tao ng ANE na ang tunong ng isang plauta (o tinig) ay nakakapagpatahimik ng ahas ngunit ngayon nalalaman natin na ito ay ang paggalaw ng ritmo ng plauta, hindi ang tinig).

Ang teolohikong pagkaunawa ay kusang-loob na itinanggi ang pakikinig sa Diyos o silang naghahatol.

Hindi ko masasaming ang "nabighani" ay dapat na maitumbas sa pangungulam ngunit mga pangkulturang mga gawa ng ahas para sa pampublikong kaaliwan.

**58:2 "sa lupa"** Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa lupain ng Israel, hindi ang mundo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Lupa, Bansa, Mundo sa Awit 1:2. Tandaang tanging konteksto lamang ang magtatakda ng kahulugan ng salita!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 58:6-9**

**6 Iyong bungalin ang kanilang mga ngipin, Oh Diyos, sa kanilang bibig;**
**iyong bungalin ang mga malaking ngipin ng mga batang leon, Oh PANGINOON.**
**7 Mangatunaw nawa silang parang tubig na umaagos;**
**pagka inihilagpos niya ang kaniyang mga palaso, maging gaya nawa ng nangaluray.**
**8 Maging gaya nawa ng laman ng laman ng suso na natutunaw at napapawi,**
**na gaya ng naagas sa babae na hindi nakakita ng araw.**
**9 Bago makaramdam ang inyong mga palyok ng mga dawag na panggatong**
**kaniyang kukunin ang mga yaon ng ipoipo, ang sariwa at gayon din ang nagniningas.**

**58:6-9** Ang istropang ito ay isang panalangin para sa (kapwa *Elohim* at YHWH ang ginamit) kahatulan ng Diyos sa mga hukom na ito sa mga maliwanag, naglalarawang parilala.

1. bungalin ang kanilang mga ngipin – BDB 248, KB 256, *Qal* PAUTOS ("mga ngipin" at "mga pangil"; magkakaagapay sa Joel 1:6)
2. bungalin (sa literal ay "punitin") ang mga malaking ngipin (BDB 1069) ng mga batang leon – BDB 683, KB 736, *Qal* PAUTOS (#1 at #2 ay magkakaagapay; maaaring kahatulan na makikita sa mga lugar kung saan sila nagkasala [i.e., sa kanilang mga salita/mga hatol])
3. Mangatunaw nawa silang parang tubig na umaagos – BDB 549, KB 541, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
4. mawalang-bisa ang kanilang palaso (Hebreong wikain na walang katiyakan, ngunit tila tumukoy sa kanilang di-matuwid na hatol at mga paratang)
5. Maging gaya nawa ng laman ng laman ng suso (BDB 117, tanging dito lamang sa OT) na natutunaw (BDB 588, ang anyong ito tanging dito matatagpuan sa OT, "matunaw" ay BDB 587) at mapapawi – BDB 229, KB 246, *Qal* DI-GANAP; ang pinagpalagay na "maging" PANDIWA ay na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
6. Maging gaya ng naagas sa babae na hindi nakakita ng araw – BDB 302, KB 301, *Qal* GANAP (bagaman hindi DI-GANAP ang pinakamalapit na konsepto ay nangangailangang ginamitin ito sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan)

   Ang tiyak na suliranin sa kaunawaan na kung ano ang sinasabi sa talata 8 ay ang pagkakaagapay sa pagitan ng "suso" at "isang naagas" ay may kamalian, ngunit kung paano ay walang katiyakan. Ang termino sa ikalawang linya ay malayong mas tiyak sa "suso" at "matutunaw." Ang NIDOTTE, tomo 4, p. 30, ay nagmumungkahing ang "suso" ay dapat maunawaan bilang "isang naagas."
7. ito ay isang mahirap na talata sa Hebreo (ang AB ay hindi man lang tinangkang isalin ito). Mayroong maraming mga mungkahi. Ang pangunahing punto ay ang kinakailangang init para sa lutuang palayong ay iniihip bago ito makapagpainit ng pagkain (i.e., kahit na ang pangpabilis magningas).

   Tulad nga ng naunang mga linya ng ulaan, ang MGA DI-GANAP ay tila ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan upang iugnay sa sa kahilingan sa panalangin ng MGA PAUTOS ng talata 6.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 58:10-11**

**[10]Magagalak ang matuwid pagka nakita niya ang higanti;**
**kaniyang huhugasan ang kaniyang mga paa sa dugo ng masama.**
**[11]Na anopa't sasabihin ng mga tao, "Katotohanang may kagantihan sa matuwid;**
**katotohanang may Diyos na humahatol sa lupa!"**

**58:10-11** Ito ay palagiang nagpapaligalig sa mga makabagong taga-pagpaliwanag na ang Awit ay nananawagan para sa ganitong marahas na kahatulan laban sa mga kaaway ng manunulat. Isang paraan upang makita ito ay ang mga kaaway na ito ay inaatake ang Diyos habang kanilang di-makatwirang inaatake ang Kaniyang mga tao. Kaya, ang inihayag nang kahatulan (i.e., Levitico 26; Deuteronomio 27-30) ay nararapat na matupad sa kanila. Samakatuwid, ito ay hindi isang panawagan para sa pagganti o paghihiganti ngunit ang katuwiran at ang katuparan ng mga salita ng Diyos, upang ang lahat ay makita na mayroong isang Matuwid na Diyos ng Israel (cf. Deuteronomio 32:34-43; Awit 79:10; 94:1-11; 149:7-9).

Ang talata 10b ay isang ANE eksaherasyon para sa panghukbong tagumpay (cf. Awit 68:23).

**58:11** Ako ay sumasang-ayon sa NET Bible na ang *Qal* TAHAS NA PANDIWARI, PANGLALAKING, PANGMARAMIHAN ay isang PANGMARAMIHAN NG PAGKAMAHARLIKA, na tumutukoy sa matuwid kahatulan ni YHWH.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang pinatutungkulan ng Awit na ito?
2. Ang talata 3 ba ay nagtuturo ng doktrina ng orihinal na kasalanan?
3. Anong espiritwal na katotohanan ang pinagbibigay-alam ng talata 4b?
4. Ipaliwanag ang kawalan ng kasingkahulugang pagkakaagapay sa talata 8.
5. Ang mga talata 10-11 ba ay nagtuturo isang espiritu ng paghihiganti? Bakit o bakit hindi?

# AWIT 59

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa mga Kaaway<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit; *set patunong* Al-tashheth, nang si Saul ay nagpadala ng mga lalaki, silay nagmasid sa bahay upang patayin siya. | Ang Tiyak na Kahatulan ng mga Masasama | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa mga Kaaway | Isang Panalangin para sa Kaligtasan | Laban sa mga Masasama |
| 59:1-8 | 59:1-2 | 59:1-2 | 59:1-2 | 59:1-2 |
| | 59:3-4 | 59:3-4 | 59:3-4 | 59:3-4b |
| | | | | 59:4c-5 |
| | 59:5 | 59:5 | 59:5 | |
| | 59:6-7 | 59:6-7 | 59:6-7 | 59:6 |
| | | | | 59:7 |
| | 59:8-9 | 59:8-10 | 59:8-10 | 59:8-9a |
| 59:9-15 | | | | 59:9b-10 |
| | 59:10 | | | |
| | 59:11-13 | 59:11-13 | 59:11-15 | 59:11 |
| | | | | 59:12 |
| | | | | 59:13 |
| | 59:14-15 | 59:14-15 | 59:14-15 | 59:14 |
| | | | | 59:15 |
| 59:16-17 | 59:16-17 | 59:16-17 | 59:16-17 | 59:16 |
| | | | | 59:17 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Muli ang katanungan kung sinu-sino ang "mga kaaway" ay muling nagbalik. Sa Awit na ito, ito ay tila tumukoy sa mga Hentil na mananakop (cf. vv. 5,6,7,8,11,13,14,15). Ang talata 8 ay nagpapaalala ng isa sa Awit 2:4.

B. Ang salmista ay maliwanag na inihahayag na siya ay inatake, ngunit hindi sapagkat sa anumang bagay na kaniyang ginawa (cf. vv. 3c, 4a). Ang pag-atake ay tila dumating sapagkat siya/sila ay mga tao ni YHWH.

C. Pansinin ang mga titulo para sa Kasunduang pagka-Diyos.
   1. Oh Diyos ko, v. 1 – maaaring *Elohim*, tulad ng talata 8 na may pangwakas na titik sa susunod na salita
   2. Oh YHWH, vv. 3,5,8 – BDB 217
   3. Oh Panginoong Dios ng mga hukbo (*Elohim Sabaoth*), v. 5 – BDB 43 at 838; mga panghukbong katawagan
   4. Diyos ng Israel, v. 5 – BDB 43 BALANGKAS BDB 975
   5. Oh aking lakas – BDB 738
   6. *Diyos* ay aking tanggulan/matayog na muog, v. 9 – BDB 43 at BDB 960 I
   7. Diyos *ay* aking kagandahang-loob, vv. 10,17 – BDB 43 at BDB 338
   8. Oh PANGINOON, ating kalasag o *Adon ay* ating kalasag, v. 11 – BDB 10 at BDB 171
   9. Diyos (*Elohim*), v. 13 – BDB 43 (*Elohim*)
   10. ang iyong kalakasan, v. 16 – BDB 738
   11. Oh Diyos na aking tanggulan, v. 17 – tulad ng #5

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 59:1-8**

**1 Iligtas mo ako sa aking mga kaaway, Oh Diyos ko;**
**ilagay mo ako sa mataas sa kanila na nagsisibangon laban sa akin.**
**2 Iligtas mo ako sa mga manggagawa ng kasamaan**
**at iligtas mo ako sa mga mabagsik na tao.**
**3 Sapagka't narito, kanilang binabakayan ang aking kaluluwa;**
**ang mga makapangyarihan ay nagpipisan laban sa akin,**
**hindi dahil sa aking pagsalangsang, o sa aking kasalanan man, Oh PANGINOON,**
**4 Sila'y nagsisitakbo at nagsisihanda na wala akong sala.**
**ikaw ay gumising na tulungan mo ako, at masdan mo!**
**5 Sa makatuwid baga'y ikaw, Oh Panginoong Diyos ng mga hukbo, na Diyos ng Israel,**
**ikaw ay bumangon upang iyong dalawin ang lahat ng mga bansa;**
**huwag kang maawa sa kanino mang masamang mananalangsang. Selah.**
**6 Sila'y nagsibalik sa kinahapunan, sila'y nagsitahol na parang aso,**
**at nililigid ang bayan.**
**7 Narito, sila'y nanunungayaw ng kanilang bibig;**
**mga tabak ay nangasa kanilang mga labi,**
**sapagka't sino, sabi nila, ang nakikinig**

> [8]**Nguni't ikaw, Oh PANGINOON, tatawa sa kanila;**
> **iyong tutuyain ang lahat ng mga bansa.**

**59:1-2** Pansining ang Awit ay nagsisimula sa tatlong MGA PAUTOS (mga kahilingan sa panalangin para sa pagpapalaya mula sa mga kaaway).

1. iligtas, v. 1 – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS
2. iligtas, v. 2 – tulad ng #1
3. iligtas – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 28:9; 31:16; 71:2; 86:2,16

Kapwa ginamit sa Awit 7:1; 22:20-21; 31:2-3,15-16; 33:16-17; 34:17-18, atbp. Ito ay isang inuulit na panalangin para sa paghingi ng tulong!

Pansinin kung paano ipinakilala ang mga kaaway.

1. sa kanila na nagsisibangon laban sa akin
2. sa mga manggagawa ng katampalasan
3. mga mabagsik na tao

Ang mga kaaway a Awit na ito ay tila mga banyagang mananakop.

1. dalawin (parusahan) ang lahat ng mga bansa, v. 5
2. nililigid ang lungsod (i.e., kubkobin), v. 6
3. nanunungayaw. . .mga tabak, v. 7
4. tutuyain ni YHWH ang lahat ng mga bansa, v. 8
5. Huwag mo silang patayin, baka makalimot ang aking bayan, v. 11
6. ang Diyos ay nagpupuno sa Jacob, hanggang sa mga wakas ng lupa, v. 13
7. lilibutin ang lungsod, v. 14 (tingnan ang #2)
8. v. 15 ay paglalarawan ng isang pagkubkob

**59:3-4a** Sa mga talatang ito, ang PANG-ISAHAN "sa akin" ay tumutukoy sa isang/ang pinuno ng Israel. Isang pag-atake sa kaniya ay isang pag-atake sa kasunduang bayan. Ang ilan ay nag-iisip kung ang mga dayuhang mananakop ay mayroong tulong panloob.

Pansining ang may-akda ay ipinagtanggol ang kaniyang sariling katuwiran sa pamamagitan ng paghahayag na siya ay inatake na walang dahilan (cf. vv. 3c, 4b). Ang mga kaaway ay umatake dahil sa paraan ng pagkakaugnay sa Diyos ng Israel (cf. Awit 2).

**59:4b-5** Ang dalawang mga talata ay maiuugnay sa tatlong MGA PAUTOS na tumatawag sa pagka-Diyos na kumilos sa pagpapalaya.

1. gumising Ka, v. 3b – BDB 734, KB 802, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 7:6; 35:23; 44:23; 57:8 (tatlong beses); 73:20; 80:2; 108:2
2. masdan, v. 4b – BDB 906, KB1157, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 9:13; 25:18,19; 80:14; 84:9; 119:153,159; 139:24
3. bumangon, v. 5 – BDB 884, KB 1098, *Hiphil* PAUTOS, cf Awit 35:23; 44:23

▣ **"tulungan mo ako"** Ito ay sa literal ay "tagpuin ako." Ang personal na aspetong ito ay inulit sa talata 10a.

▣ **"Oh PANGINOONG Diyos ng mga hukbo"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa Awit 1:1.

▣ **"huwag kang maawa"** Ang kasalungat na PANDIWA (BDB 335, KB 334, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan) ay kadalasang ginagamit sa Awit (cf. Awit 4:1; 6:2; 9:13; 25:16; 26:11; 27:7; 30:10; 41:4,10; 51:1; 56:1; 57:1, atbp.). Dito, ang salmista ay humihiling sa Diyos sa huwag magpakita ng kahabagan sa kaniyang mga kaaway sapagkat sila ay

taksil sa katampalasan (cf. Awit 109:14; Isaias 2:9; Jeremias 18:23).

**59:6-7** Mayroong maraming makabagong mga saling Ingles na taglay ang mga talata 6-7 bilang isang istropa at nagsisimula ng isang bagong istropa sa mga talata 8-10. Mahirap na malaman paano mahahati ang Awit na ito sa kaniynag mga lohikong bahagi.

Mga talata 6-7 ay inilalarawan ang mga kaaway bilang

1. mga asong tumatahol
2. mga aso lumiligid
    a. isang talinghaga sa pagkubkob (cf. 59:14-15)
    b. isang talinghaga para sa kanilang nagpapatuloy na paghahanap ng pagkain (59:15)
3. nanunungayaw. . .mga tabak, v. 7
4. walang takot sa Diyos (i.e., kanilang sinabi, "Sino ang nakikinig?" cf. Job 22:13; Awit 10:4,11,13; 64:5; 73:11; 94:7; Isaias 29:15; Ezekiel 8:12). Sila ay alinman sa
    a. mga Israelita
    b. mga pagano/mga mananamba sa diyus-diyosan

**59:8** Ang talata 8 ay nagpapaalala sa akin ng

1. Awit 2:4
2. Awit 37:13

Ang talatang ito ay tila inaangkin na ang mga kaaway ay Hentil, mga paganong mananakop (cf. vv. 5,6,7,8,11,13,14,15).

Ang MGA PANDIWA sa v. 8 ay kapwa *Qal* MGA DI-GANAP na nagpapahayag ng nagpapatuloy na pagkilos (i.e., si YHWH at tatawa. . .tutuya sa mga bansa sa kanilang kawalang pananampalataya at mga mapagmataas na pagsalakay sa Kaniyang mga tao).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 59:9-15**

**9 *Dahil sa* kaniyang kalakasan, didinggin kita,**
**sapagka't ang Diyos ay aking matayog na moog.**
**10 Ang aking Diyos pati ng kaniyang kagandahang-loob ay sasalubong sa akin;**
**ipakikita ng Diyos sa akin ang aking nasa sa aking mga kaaway.**
**11 Huwag mo silang patayin, baka makalimot ang aking bayan;**
**pangalatin mo sila ng iyong kapangyarihan, at ibaba mo sila,**
**Oh Panginoon na kalasag namin.**
**12 Dahil sa kasalanan ng kanilang bibig, at sa mga salita ng kanilang mga labi,**
**makuha nawa sila sa kanilang kapalaluan,**
**at dahil sa sumpa at pagsisinungaling na kanilang sinalita.**
**13 Pugnawin mo sila sa poot, pugnawin mo sila, upang sila'y mawala;**
**at ipakilala mo sa kanila na ang Diyos ay nagpupuno sa Jacob**
**hanggang sa mga wakas ng lupa. Selah.**
**14 At sa kinahapunan ay papagbalikin mo sila, pahagulhulin mo silang parang aso**
**at libutin nila ang bayan.**
**15 Sila'y gagala na magmamanhik-manaog dahil sa pagkain**
**at maghihintay buong gabi kung hindi sila mabusog.**

**59:9-13** Mayroong maraming mga titulo ng pagka-Diyos. Tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, C.

**59:9**
**NASB "kaniyang kalakasan"**

**NKJV** **"kaniyang Kalakasan"**
**NRSV, NJB,**
**JPSOA** **"aking kalakasan"**
**TEV** **"iyong kalakasan"**

Ang UBS Text Project (p. 271) ay binibigyan "aking kalakasan" ng isang "D" na antas (napakataas na pagdurudo). Ito ay maaaring batay sa katulad na mga salita sa talata 18. Ito ay isang titulo para sa pagka-Diyos.

▣
**NASB** **"*dahil sa* kaniyang kalakasan"**
**NKJV** **"Oh *ikaw* na kaniyang Kalakasan"**
**NRSV, JPSOA** **"Oh aking kalakasan"**
**NJB, REB** **"Aking kalakasan"**
**LXX** **"Oh aking lakas"**

Iniisip ko na ito ay isa pang titulo para sa pagka-Diyos (cf. Awit 21:1; 28:7,8; 59:17; 81:1; 118:14). Ito ay kaagapay ng "ang Diyos ay aking tanggulan."

▣ **"didinggin kita"** Ang PANDIWA (BDB 1036, KB 1581) ay isang *Qal* PANGPANGKAT, cf. Awit 130:6. Ang salmista ay inaasam na makita ang Diyos at makasama Siya!

**59:10** Ito ay isa pang titulo para sa Diyos (i.e., "Diyos ng aking kagandahang-loob"), NKJV ay may "Aking mahabagin Diyos" at JPSOA ay may "Aking matapat na Diyos."

▣ **"ipakikita ng Diyos sa akin ang aking nasa sa aking mga kaaway"** Ito ay isa pang pangkulturang wikain ng tagumpay (cf. Awit 23:5; 54:7; 91:8; 92:11; 112:8; 118:7).

**59:11** Ang talatang ito ay nakakagulat para sa akin. Pinapaalala nito sa akin kung paano si YHWH nananahan kasama ng mga Hebreong tribo pagkatapos ng pananakop ng mga pinadirang lungsod sa pamamagitan ng Joshue. Bawat tribo ay dapat na masakop sa pakikidigma ang kaniyang sariling teritoryo mula sa Cananeong mga tribo. Hindi ito ginawa ng Diyos para sa kanila. Sila ay kumilos sa pananampalataya. Siya ay nag-iwan ng ilang oposisyon upang sila ay maaaring lumago sa pananampalataya, sa Kaniya, at sa kanilang mga sarili.

Ang mga anyo ng PANDIWA ay

1. huwag silang patayin, v. 11 – BDB 246, KB 255, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. pangalatin sila, v. 11 – BDB 631, KB 681, *Hiphil* PAUTOS
3. ibaba sila, v. 11 – BDB 432, KB 434, *Hiphil* PAUTOS
4-5. pugnawin sila, v. 13 – BDB 477, KB 476, *Piel* PAUTOS (dalawang beses)
6. upang sila'y mawala – BDB 34 II (walang PANDIWA)

Ang mga kautusang ito ay kailangang mabago ng talata 11a. Ito ay maaaring may kalituhan sa pagitan ng "huwag" (לא – BDB 39) at "*El*" (אל, pangkalahatang pangalan para sa pagka-Diyos sa ANE – BDB 42 II). Ito ay ang mungkahi ng AB (p. 71).

▣ **"baka makalimot ang aking bayan"** Ang PANDIWA (BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP) ay makikita rin sa Deuteronomio 8:11-20, kung saan nagpapaalala si YHWH sa Kaniyang mga tao na huwag isipin na ang kanilang kasaganahan o tagumpay ay dahil ng kanilang mga sarili!

▣ **"kalasag namin"** Ang paglalarawang ito ay bumabalik sa pasimulang pagtatagpo ni YHWH kay Abraham at ang mga pangako na ginawa Niya sa kaniya at kaniyang mga inanak (cf. Genesis 15:1;

Deuteronomio 33:29). Ito ay inuulit sa Awit (cf. Awit 3:3; 5:12; 28:7; 115:9-11). Ito ay nagpapakilala sa Diyos bilang tagapagtanggol!

**59:12 "makuha nawa sila sa kanilang kapalaluan"** – BDB 539, KB 530, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Ang pantaong pagmamayabang at pagmamataas ay

1. ang diwa ng Pagkalugmok ng Tao
2. kasuklam-suklam kay YHWH

Hindi Niya ito pinapayagan (cf. Isaias 2:11-12; 5:15; 10:33; Zephanias 3:11). Gaya ng isang biblikal na halimbawa ng pantaong kayabangan, tingnan ang Natatanging Paksa: Pagmamataas sa Awit 20:7.

**59:13 "pakilala mo sa kanila na ang Diyos ay nagpupuno sa Jacob,**
**hanggang sa mga wakas ng lupa"** Ang pangkalahatang elementong ito ay napakahalaga sa kaunawaan ng ginagawa ng Diyos sa ating mundo (cf. Awit 2:8; 58:11; 67:7; 72:8,17; 96:13; 98:9; Isaias 45:22; 49:6; 52:10; Jeremias 16:19; Mikas 5:4; Mateo 25:32). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH at Panimula sa Awit 2.

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**59:14-15** Ang mga ito ay maibabalik sa mga talata 6-7. Talata 6 at talata 14 ay inuulit na koro. Mga talata 7 at 15 ay kapwa parilalang naglalarawan tungkol sa mga kaaway. Sila ay mga mabagsik na manlulupig!

**59:14**
**NASB, NRSV,**
**JPSOA** **"pahagulgulin"**
**NKJV** **"paungulin"**

Ang salitang itong-ugat (BDB 534 II) ay maaaring manganhulugang

1. palipasin ang gabi – BDB 533 I (ito ay ang MT pointing, cf. Awit 55:7)
2. umungol – BDB 534 II

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 59:16-17**
**16 Nguni't aking aawitin ang iyong kalakasan;**
**Oo, aking aawiting malakas ang iyong kagandahang-loob sa kinaumagahan,**
**sapagka't ikaw ay naging aking matayog na moog**
**at kanlungan sa kaarawan ng aking kabagabagan.**
**17 Sa iyo, Oh kalakasan ko, aawit ako ng mga pagpuri;**
**sapagka't ang Diyos ay aking matayog na moog, ang Diyos ng aking kaawaan.**

**59:16-17** Ang salmista ay pinag-iiba (i.e., "ngunit sa akin") kaniyang pamumuhay at mga layunin sa kanila.

1. aking aawitin ang iyong kalakasan, v. 16
2. aking aawiting malakas ang iyong kagandahang-loob, v. 16
3. aawit ako ng mga pagpuri sa Iyo, v. 17

Ang dahilan para sa mga awit ng pagpuri ay si YHWH ang

1. kaniyang matayog na moog (BDB 960 I)
2. kaniyang kanlungan (BDB 631) sa kaarawan ng aking kabagabagan, cf. Jeremias 16:19
3. kaniyang matayog na moog (BDB 960 I), cf. Awit 9:9; 59:9; 62:2,6
4. kaniyang kaawaan o kagandahang-loob (BDB 338)

Maraming ng susi teolohikong mga terminong paglalarawan ni YHWH ay inulit sa pagtatapos nito.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang mga kaaway? Bakit tila mayroong dalawang pangkat?
2. Inaangkin ba ng salmista ang kawalang-kasalanan sa mga talata 3c, 4a?
3. Ano ang paglalarawan sa likod ng "gumising" at "bumangon"?
4. Itala ang pangkalahatang mga sangkap sa Awit na ito. Ano ang kanilang ipinapahiwatig?
5. Ang talata 11 ba ay tila nakakalito. Bakit?

# AWIT 60

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panaghanoy sa Pagkatalo sa Digmaan, at Panalangin para sa Paghingi ng Tulong<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit; sang-ayon kay Sushan Eduth. Mikhtam ni David, magturo; nang nakikilaban kasama si Aram-naharaim at si Aram-zobah, at bumalik si Joab, at pinaslang ang labing-dalawang libo ng Edom sa Lambak ng Asin. | Madaliang Panalangin para sa Pagpapanumbalik ng Pagtatangi ng Diyos | Panalangin para sa Pagpapamula sa mga Pambansang Kaaway | Isang Panalangin para sa Pagpapalaya | Pambansang Panalangin Pagkatapos ng Pagkatalo |
| 60:1-5 | 60:1-3 | 60:1-3 | 60:1-5 | 60:1-2 |
| | | | | 60:3-4 |
| | 60:4-5 | 60:4-5 | | |
| | | | | 60:5 |
| 60:6-8 | 60:6-8 | 60:6-8 | 60:6-8 | 60:6 |
| | | | | 60:7 |
| | | | | 60:8 |
| 60:9-12 | 60:9-12 | 60:9-12 | 60:9-12 | 60:9-10 |
| | | | | 60:11-12 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

| **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 60:1-5** |
|---|
| **1Oh Diyos, iniwaksi mo kami, ibinagsak mo kami**<br>**ikaw ay nagalit; Oh papanauliin mo kami.**<br>**2Iyong niyanig ang lupain; iyong pinabuka;**<br>**pagalingin mo ang mga sira niyaon: sapagka't umuuga.**<br>**3Nagpakita ka sa iyong bayan ng mahihirap na bagay;**<br>**iyong ipinainom sa amin ang alak na pangpagiray.**<br>**4Nagbigay ka ng watawat sa nangatatakot sa iyo,**<br>**upang maiwagayway dahil sa katotohanan. Selah.**<br>**5Upang ang iyong minamahal ay makaligtas,**<br>**magligtas ka ng iyong kanan, at sagutin mo kami!** |

**60:1-3** Ang istropang ito ay naglalarawan ng kung paano naunawaan ng salmista ang pakikipag-ugnayan niya/ ng Israel kay YHWH.

1. iniwaksi mo kami – BDB 276, KB 276, *Qal* GANAP, cf. Awit 44:9,23; 74:1; 77:7; 108:11
2. ibinagsak mo kami – BDB 829, KB 971, *Qal* GANAP, maaaring magkaugnay sa isang pagkasira ng isang pansanggalang na pader
3. ikaw ay nagalit – BDB 60, KB 72, *Qal* GANAP
4. Iyong niyanig ang lupain – BDB 950, KB 1271, *Hiphil* GANAP
5. iyong pinabuka: pagalingin mo ang mga sira – BDB 822, KB 954, *Qal* GANAP, di-karaniwang salita, tanging dito at isang magkaugnay na anyo sa Jeremias 22:14, kung saan ito ay isinaling "tinanggal"
6. Nagpakita ka sa iyong bayan ng mahihirap na bagay – BDB 906, KB 1157, *Hiphil* GANAP
7. iyong ipinainom sa amin ang alak (i.e., nagdudulot ng pagkalasing at pagsuray) – BDB 1052, KB 1639, *Hiphil* GANAP, ang kopa na maaaring para sa mga bansa (cf. Jeremias 25:16-26), ngayon, ay pinagkaloob sa kasunduan mga tao na may katulad na epekto (cf. Isaias 51:17,22)

Pansinin na ang lahat ng MGA PANDIWA ay MGA GANAP, na nagpapakilala isang palagiang kalagayan. Sa liwanag nito, ang salmista ay nananalangin na ang Diyos ay

1. ipapanumbalik kami – BDB 996, KB 1427, *Polel* DI-GANAP, cf. Awit 80:3,7,19; 85:4; 126:1; Panaghoy 5:21
2. pagalingin (i.e., "ipanumbalik," NIDOTTE, tomo 3, p. 1163) ang lupain – BDB 950, KB 1272, *Qal* PAUTOS, cf. 2 Cronica 7:14; ito ay maaaring tumukoy sa butas ng pader sa v. 1b

Ito ay kailangang maihayag na ang lahat ng mga kahilingan sa panalangin para sa pagtulong, pagkalinga, pagpapalaya ng Diyos ay batay sa pananampalataya at pamumuhay ng Kaniyang bayan (cf. 2 Cronica 6:37-39). Ang lahat ng mga pangako ng Diyos (maliban sa mga kaugnay sa Mesias at Kaniyang ministeryo) ay may pasubali (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 25:10).

**NATATANGING PAKSA: ANG PANGKASUNDUANG KINAKAILANGAN NI YHWH PARA SA ISRAEL**

Ang kinakailangan ni YHWH (BDB 981, KB 1371, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI) ay maliwanag na naihayag sa isang kalipunan ng
*Qal* PAWATAS NA MGA PAGKAKAYARI:

1. "matakot sa PANGINOON" - BDB 431, KB 432, cf. 4:29; 10:20
2. "lumakad sa lahat ng Kanyang mga paraan" - BDB 229, KB 246, cf. 4:29
3. "ibigin Siya" - BDB 12, KB 17, cf. 6:5; 10:15; tingnan ang buong tala sa 5:10
4. "paglingkuran ang PANGINOON mong Diyos ng buo mong puso at ng buo mong kaluluwa"

- BDB 712, KB 773, cf. 4:29; 6:5; 10:12; 11:13; 13:3; 26:16; 30:2,6,10
5. "ingatan ang mga kautusan ng PANGINOON at Kanyang palatuntunan" - BDB 1036, KB 1581

Ang talatang ito ay katulad ng Mikas 6:6-8. Kapwa nagpapahayag ng pananampalataya na nakakaapekto sa pang-araw-araw buhay!

**60:1** Ang pagtanggi ng Diyos (cf. vv. 1,10) sa Kaniyang mga tao (cf. vv. 3,5) ay nakakagulat! Dapat nating tandaan na ang Diyos ay may isang layunin para sa Israel. Siya ay dapat na maging isang kaparaan para sa pang-buong-mundong kapahayagan ng katangian at mga layunin ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2 Panimula., cf. Ezekiel 36:22-38). Hinahangad nito ang matapat na pagsunod sa kasunduan (cf. 1 Cronica 28:9). Dahil sa pagkalugmok sa Genesis 3, hindi nila magagawa; kahatulan ay ang tanging opsyon (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30).

Ang pariralang "sa Kaniyang kabanalan" sa talata 6 ay isang makapangyarihang paalala ng katangian na Diyos na ninanais Niyang tularan at gawing huwara ng Kaniyang mga tao para sa mga bansa (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel sa Awit 9:10b).

Isang bagong pamamaraan ang kinakailangan. Ang bagong pamamaraan na ito ay tinatawag na "bagong kasunduan" (cf. Jeremias 31:31-34), na binigyang-linaw ng NT bilang ang ebanghelyo ni Hesukristo.

**60:4-5** Para sa aking, ito dapat ay hiwalay na istropa (cf. NKJV, NRSV). Ang PAKSA ay nagbabago mula sa mga talata 1-3. Ang istropang ito ay naglalarawan ng mga pagkilos ni YHWH sa kapakanan ng Israel.

1. Nagbigay Siya ng watawat sa mga natatakot sa Kaniya (BDB 651, i.e., isang nakikitang tanda o paraan upang makipag-usap, cf. Exodo 17:15; Isaias 5:26; 11:12; 13:2; Awit 20:5); ito ay maaaring isang negatibo (i.e., pagtakas) o positibong (i.e., pagsama-sama) pahayag.
2. Nais Niya itong ipakita upang ipahayag ang Kaniyang sarili (i.e., ang katotohanan; ang Hebreong mga katinig קשט ay maaaring mangahulugang "ng arko" o "katotohanan," BDB 905; UBS Text Project ay kinakatigan ang "ng arko" ng isang "B" na antas (ng ilang pagduruda); ang NRSV, NJB, NET Bible; REB ay kinakatigan ang pagpiling ito ngunit ang NKJV at JPSOA ay may "katotohanan." Ang salita para sa "arko" ay may isang dinagdag na patinig tanging dito.

Ang punto ay tila si YHWH ay nagtataguyod ng ilang tulong sa Israel sa pamamagitan ng Kaniyang presensiya sa kanila sa digmaan.

**60:4 "Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**60:5 "iyong minamahal"** Ang PANG-URI (BDB 391) ay ginamit ng mangingibig sa Awit ni Solomon (cf. Awit ni Solomon 1:2,4; 4:10; 5:1; 7:13). Dito, ito ay ginamit sa kasunduang bayan ni YHWH (cf. Jeremias 12:7). Ito ay isang malakas, madamdaming paglalarawan.

▣ Ang talatang ito ay may dalawang mga kahilingan sa panalangin batay sa 60:4.

1. iligtas kami (MT; *Qere* "ako") – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS, i.e., sa pamamagitan ng Iyong mga pagkilos, cf. Awit 3:7; 20:9
2. sagutin kami (MT, *Qere* "ako") – BDB 772, KB 851, *Qal* PAUTOS

Ang UBS Text Project (p. 277) ay binibigyan ang "kami" ng MT ng isang "C" na antas (maraming pagduruda). Ang PANGMARAMIHAN ay sa mga talata 10 at 11.

▣ **"ng iyong kanan"** Ito ay isang Hebreong wikain ng kapangyarihan at mabisang pagkilos (cf. Exodo 15:6; Awit 17:7; 44:3; 98:1; 108:6; 138:7; 139:10, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 7:3-4).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 60:6-8**

**6 Nagsalita ang Diyos sa kaniyang kabanalan:**
**"ako'y magsasaya: aking hahatiin ang Sichem, at aking susukatin ang libis ng Succoth.**
**7 "Galaad ay akin, at Manases ay akin;**
**Ephraim naman ay sanggalang ng aking ulo;**
**Juda ay aking setro.**
**8 "Moab ay aking hugasan;**
**sa Edom ay aking ihahagis ang aking panyapak;**
**Filistia, humiyaw ka dahil sa akin!"**

**60:6-8** Ang istropang ito ay tinatanghal ang kapangyarihan ni YHWH (o "kabanalan," BDB 871) sa mga bansa (cf. Deuteronomio 32:8). Ang mga talatang ito ay inulit sa Awit 108:7-14, na nangangahulugan na ito ay maaring maging bahagi ng liturhiya. Ito ay maaaring kaugnay sa Exodo 15:14-17. Si YHWH sa Kaniyang sarili ay nagsasalita (i.e., "Nagsalita na ang Diyos" – BDB 180, KB 210, *Piel* GANAP).

1. ako'y magsasaya – BDB 759, KB 831, *Qal* PANGPANGKAT
2. aking hahatiin – BDB 323, KB 322, *Piel* PANGPANGKAT
3. aking susukatin – BDB 551, KB 547, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan

4-5. "________ay akin"

6. "_______sanggalang ng aking ulo"
7. "_______ay aking setro"
8. "sa________aking ihahagis ang aking panyapak" (i.e., isang wikain ng paghamak)
9. "______humiyaw ka dahil sa akin" (maaaring, "sa Filistia, ako ay sisigaw nang malakas," tulad ng Awit 108:9c)

Pansining ang mga pangalan ng lugar ay nasa mga pantribuong kilalagyan lahat ng Joshue.

1. isang lungsod – Shechem
2. isang libis – valley of Succoth
3. isang dako – Gilead
4. tatlong mga tribo – Manasseh, Ephraim, Juda (para sa Juda bilang setro, tingnan ang Genesis 49:10)
5. tatlong natalong Cananeong mga bansa – Moab, Edom, Filistia

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 60:9-12**

**9 Sinong magdadala sa akin sa matibay na bayan?**
**Sinong papatnubay sa akin hanggang sa Edom?**
**10 Hindi mo ba kami iniwaksi, Oh Diyos?**
**At hindi ka lumalabas, Oh Diyos, na kasama ng aming mga hukbo?**
**11 Tulungan mo kami laban sa kaaway,**
**sapagka't walang kabuluhan ang tulong ng tao.**
**12 Sa pamamagitan ng Diyos ay gagawa kaming may katapangan,**
**sapagka't siya ang yumayapak sa aming mga kaaway.**

**60:9-12** Ang istropang ito ay nagsasabi ng kawalang katiyakan ng mga panghukbong tagumpay na walang pagtulong at presensiya ni YHWH (i.e., Banal na Digmaan).

1. talata 9 ay nagtatanong ng panghukbong katanungan
2. talata 10 ay nagpapahayag ng espiritwal na katotohanan (i.e., Banal na Digmaan) na maliban na si YHWH ay sumama sa hukbo ng Israel, walang tagumpay ang posible, cf. Awit 44:9; 108:11
3. talata 11 ay nagsasaysay ng pisikal na katotohanan na ang panghukbong tagumpay sa

pamamagitan ng mga tao ay walang kabuluhan at panandalian

4. talata 12 ay nagpapahayag na tanging kay YHWH magkakaroon ng tagumpay, cf. Deuteronomio 20:1; 1 Samuel17:45,47; Awit 20:7; 22:16-17; 44:1-3,5-7; 146:3; Zacarias 4:6). Ito ay tumutukoy sa tagumpay ng mga layunin ng Diyos sa Israel bilang isang liwanag sa mga bansa, hindi lamang isang mananakop.

Ang buong punto ng mga pagpapahayag na ito ay ang katanungan sa talata 10, "Hindi mo ba kami iniwaksi, Oh Diyos?" Maliban na Siya ay nagbigay ng tulong ay walang pag-asa (v. 11b). Kung Siya ang gumagawa, mayroong tagumpay (v. 12), kapwa para sa layunin ng Diyhos (tingnan ang Natatanging Paksa sa Panimula sa Awit 2) at katiwasayan at kapayapaan ng Israel.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Basahin ang Awit at subukang hatiin ito sa mga paksa, mga tema. Masasabi mo bang ang vv. 1-3 at vv. 4-5 ay mga magkahiwalay na baksa?
2. Ano ang teolohikong layunin ng vv. 6-8? Bakit ito inulit sa Awit 108?
3. Talata 8 ay may maraming negatibo mga larawan. Ipaliwanag sila.
4. Ano pangunahing teolohikong katotohanan ng mga talata 9-12?

# AWIT 61

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagtitiwala sa Pangangalaga ng Diyos<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawi; sa isang may kwerdas na instrumento. *Isang Awit ni* David. | Pagtitiwala ng Walang-hang-gang Pangangalaga ng Diyos | Panalangin sa Pangangalaga | Isang Panalangin para sa Pangangalaga | Panalangin ng Ipinatapon |
| 61:1-4 | 61:1-2 | 61:1-2 | 61:1-2 | 61:1-2 |
| | 61:3-7 | 61:3-5 | 61:3 | 61:3-5 |
| | | | 61:4-5 | |
| 61:5-8 | | | | |
| | | 61:6-7 | 61:6-7 | 61:6-7 |
| | 61:8 | 61:8 | 61:8 | 61:8 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay maliwanag na isang maharlikang Awit (cf. v. 6). Paano nakikitungo ang Diyos sa Hari ay kinakatawan ang pakikitungo Niya sa mga bansa (cf. v. 5).

B. Sa una, ang talata 2 ay tila nagpapahiwang ng pagkakatapon ngunit ang nalalabing bahagi ng Awit ay hindi ito itinataguyod. Samakatuwid, ang talata 2a ay kailangang maging talinghaga ng kaunawaan ng Hari sa espiritwal na paglayo.

C. Ang Awit na ito ay may maraming di-malilimot na mga larawan ng Diyos.
   1. malaking bato na lalong mataas kay sa akin
   2. ikaw ay naging aking kanlungan
   3. ikaw ay naging aking matibay na moog
   4. Ako'y tatahan sa iyong tabernakulo magpakailan man
   5. ako'y manganganlong sa lilim ng iyong mga pakpak

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 61:1-4**

**1 Dinggin mo ang aking daing, Oh Diyos;**
**pakinggan mo ang aking dalangin.**
**2 Mula sa wakas ng lupa ay tatawag ako sa iyo, pagka nanglupaypay ang aking puso;**
**patnubayan mo ako sa malaking bato na lalong mataas kay sa akin.**
**3 Sapagka't ikaw ay naging aking kanlungan,**
**matibay na moog sa kaaway.**
**4 Ako'y tatahan sa iyong tabernakulo magpakailan man;**
**ako'y manganganlong sa lilim ng iyong mga pakpak. Selah.**

**61:1** Dalawang magkakaagapay na MGA PAUTOS NG KAHILINGAN ay sinimulan ang Awit na ito (cf. Awit 86:6; Isaias 28:23; 49:1; 51:4; Jeremias 18:19; Daniel 9:19; Osea 5:1).

1. Dinggin ang aking daing– BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS
2. pakinggan ang aking dalangin– BDB 904, KB 1151, *Hiphil* PAUTOS

Sa talata 2, ang salmista ay nagsasabing, “Mula sa wakas ng lupa ay tatawag ako sa iyo.” Ito ay parang katulad ng isang panalangin ng isang ipinatapong tao ngunit ang natitirang bahagi ng Awit ay hindi itinataguyod ito. Samakatuwid, ito ay isa ngang paglalarawan sa kaunawaan ng pagkakalayo sa ganang kaniyang sarili.

Ang salitang “mundo” ay maaari, sa konteksto, na maunawaan bilang “lupain” (i.e., Ipinangakong Lupain), tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto!

Ang AB ay nauunawaan ang parirala na tumukoy sa *Sheol* (p. 84). Ito ay batay sa mga pagkakaagapay sa Ugaritiko. Kung ganoon, ang salmista ay humarap sa kamatayan, hindi lamang panghihina ng loob.

▣ **“daing”** “Daing” (BDB 943) ay maaaring tumukoy sa mga sigaw ng kaligayahan o, gaya dito, isang daing para sa paghingi ng tulong at proteksyon (cf. Awit 17:1; 88:2; 106:44; 119:169; 142:6).

**61:2 “sa malaking bato na lalong mataas kay sa akin”** Ang titulong, “bago” ay nagpapakilala ng dalawang Hebreong ugat (BDB 849 at 700 I). Ang titulo ay unang (BDB 849) makikita sa Deuteronomio 32:4, 15,18,30,31. Pansinin kung paano ito naipahayag.

1. ang Bato – Deuteronomio 32:4,15,18,30,31
2. ang Bato ng kaniyang kaligtasan – Deuteronomio 32:15; 2 Samuel 22:47; Awit 89:26; 95:1
3. ang Bato na nag-anak sa’yo – Deuteronomio 32:18
4. kanilang Bato na ipinagbili sila – Deuteronomio 32:30
5. kanilang bato ay hindi tulad ng ating Bato – Deuteronomio 32:31
6. walang katulad na bato na tulad ng ating Diyos – 1 Samuel2:2
7. YHWH ay aking bato at aking tanggulan at aking tagapagpalaya – Awit 18:2; 31:3; 71:3; 94:22

8. Ang aking Diyos, aking bato, kung saan ako'y manganganlong – Awit 18:2; 28:1; Isaias 17:10
9. sino ang isang bato, maliban sa ating Diyos – Awit 18:31
10. si YHWH ay nabubugay, at pagpalain ang aking bato – Awit 18:46
11. aking bato at aking manunubog – Awit 19:14
12. aking bato (BDB 700 I) – Awit 42:9
13. aking bato at walang di-matuwid sa Kaniya – Awit 92:15
14. pinagpala ni YHWH, aking bato – Awit 144:1
15. YHWH isang walang-hanggang Bato – Isaias 26:4
16. sa bundok ni YHWH, sa Bato ng Israel – Isaias 30:29
17. may iba pa bang Bato? – Isaias 44:8

BDB 700 I ay makikita lamang dito sa Awit 18:2; 42:9. Ito sa literal ay nangangahulugang "mabatong talampas," ngunit isang kasingkahulugan ng BDB 849 (kapwa ginamit sa Awit 18:2).

Ang paglalarawang ito ay may maraming posibleng pinagmula.

1. ang mga ugat o mga saligan ng bundok na kaugnay sa ang paglalang
2. ang lugar na pinagbigyan ni YHWH ng kautusan sa Israel
3. ang templo sa Bundok Moriah
4. ang kalakasan at pananatili ng pisikal na mga bundok
5. mga bundok ay ang pinakamataas na lugar, sa pinakamalapit sa langit kung saan nananahan ang Diyos

▣ **"lalong mataas kay sa akin"** Ito ay maaaring mangahulugan ng maraming mga bagay.

1. ang bato na nagkakaloob ng kaligtasan at kanlungan na hindi maibibigay ng salmista s kanyang sarili
2. ang bato na hindi niya kayang akyatin o maaaring maunawaan (i.e., pamamalagi ng Diyos)
3. ang kaibahan sa pagitan ng marangal na lugar ng Diyos at ang lugar ng panghihina ng loob ng salmista (i.e., pagka nanglupaypay ang aking puso)

Ang LXX at Peshitta ay may, "Iniwan mo ako sa isang bato."

**61:3** Karamihan sa paglalarawang ginamit upang ilarawan Diyos ay may mga panghukbong kapahulugan.

1. isang kanlungang maiuugnay sa isang kalasag sa 2 Samuel 22:31; Awit 18:31; Kawikaan 30:5
2. isang kanlungang maiuugnay sa isang matayog na moog sa Awit 59:16
3. dito, isang kanlungang maiuugnay sa isang "tore ng kalakasan" (cf. Kawikaan 18:10) sa Awit 62:7, "ang bato ng aking kalakasan"

**61:4** Talata 4 ay may dalawang PANGPANGKAT MGA PANDIWA.

1. Ako'y tatahan sa iyong tabernakulo – BDB 157, KB 184, *Qal* PANGPANGKAT, cf. Awit 27:5; 31:20; 32:7
2. ako'y manganganlong sa lilim ng iyong mga pakpak – BDB 340, KB 337, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12)

Habang talata 3 ay may panghukbong paglalarawan, ang talata 4 ay may paglalarawang magkaugnay sa templo o maaaring "bato" sa v. 2. Ang paglalarawan ng v. 4a ay matatagpuan din sa Awit 23:6; 27:4.

Ang terminong "magpakailanman" ay PANGMARAMIHAN, na nagpapatingkad ng konsepto (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5). Ang aking palagay sa dito sa OT, ang konteksto ng Karunungang Panitika ay nagpapakilala isang masaya, mahabang buhay na pagsasama-samsa templo (i.e., tolda) kay YHWH (cf. Awit 23:6).

▣ **"sa lilim ng iyong mga pakpak"** Ito ay pambabaeng paglalarawan ng Diyos bilang isang

inahing ibon na nanananggalang (cf. Mateo 23:37; Lucas 13:34). Tingnan ang mga tala sa Awit 17:8 at Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12.

▣ **"Selah"** Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 61:5-8**

**[5]Sapagka't dininig mo, Oh Diyos, ang aking mga panata;**
**ibinigay mo ang mana sa nangatatakot sa iyong pangalan.**
**[6]Iyong pahahabain ang buhay ng hari;**
**Ang kaniyang mga taon ay magiging parang malaong panahon.**
**[7]Siya'y tatahan sa harap ng Diyos magpakailan man;**
**Oh maghanda ka ng kagandahang-loob at katotohanan, upang mapalagi siya.**
**[8]Sa gayo'y aawit ako ng pagpuri sa iyong pangalan magpakailan man,**
**Upang maisagawa ko araw-araw ang aking mga panata.**

**61:5-8** Ang istropang ito ay nauugnay sa Hari bilang isang kinatawan ng kasunduang bayan ni YHWH.

1. Ang Hari ay maaaring gumawa ng mga pangako (i.e., pananampalataya mga pangako) kay YHWH.
2. si YHWH ay pinagkalooban siya/Israel ng lupain (i.e., mamanahin, cf. Genesis 15:12-21) ng Canaan sa kanilang natatakot sa Kaniya.
3. pahahabain ni YHWH ang buhay ng hari (pansinin ang mga maharlikang hayperboliko).
4. Ang Hari ay uupong nasa luklukan sa harapan ng Diyos magpakailanman (maliwanag na ang "magpakailanman" ay hindi walang-hanggang ngunit mga pinahahabang oras). Mag-ingat sa pagbabasa ng mga umunlad na teolohiya sa NT pabalik sa mga terminong Hebreo (maharlikang hayperboliko).
5. Itinatalaga ni YHWH ang (BDB 584, KB 599, *Piel* PAUTOS, kahilingan sa panalangin) kagandahang-loob at katotohanan (pagbibigay-katauhan sa mga kinatawan, cf. Awit 40:11; 57:3; 89:14, "kabutihan at kahabagan" sa Awit 23:6, "liwanag" at "katotohanan" sa Awit 43:3). Ang katulad na konsepto ay nahayag sa Kawikaan 20:28. Ang pagsang-ayon sa Hari ay pagsang-ayon sa Israel.

**61:5** Ang NIDOTTE, tomo 2, p. 531, ay may isang mabuting puna tungkol sa "sa nangatatakot sa iyong pangalan." Sila ay kumakatawan sa matapat na mga tagasunod (cf. Awit 15:4; 25:12,14; 103:11,13; 118:4). Ang NIDOTTE ay nagdadagdag ng isang talaan ng mga bahagyang iba't-ibang anyo.

1. sa kanilang pagkatakot sa Iyo – Awit 31:19
2. sa kanilang pagkatakot sa Kaniya – Awit 34:7
3. sa kanilang pagkatakot sa Iyong pangalan – Awit 61:5
4. sa kanilang pagkatakot sa Diyos – Awit 66:16

**61:8** Dahil sa kabutihang ng Diyos sa Hari at Israel, ang Hari ay aawit ng mga papuri (BDB 274, KB 273, *Piel* PANGPANGKAT) sa Kaniya.

Muli ang paggamit ng "magpakailanman" ay dapat makita bilang talinghaga ng isang mahaba, matagumpay na pamumuno. Ang mga pangako ("mga pananat") ng pananampalataya ng Hari ay kinikilala, ginaganap, at tinutupad sa templo. Ito ay nagwakas na katulad sa Awit 30:13, samakatuwid ay nagpapakita ng isang itinakdang ritwal (i.e., pasasalamant na pag-aalay) o liturhiya (na kaugnay sa pag-aalay, cf. Awit 7:17).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang awit bang ito ay isang pansariling panaghoy o isang maharlikang panaghoy?
2. Ipaliwanag ang pariralang "mula sa wakas ng lupa." Ang manunulat ba ay nasa pagpapatapon?
3. Ang talata 4 ba ay nagpapahayag ng buhay na walang-hanggan? (cf. v. 7) Ang awit bang ito sa pang-Mesias?
4. Ipaliwanag ang "pangako" habang ito ay ginamit sa Awit na ito. (cf. vv. 5,8)

# AWIT 62

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Diyos Lamang, Isang Muog mula sa Pagtataksil<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit; sang-ayon kay Jeduthun. Isang Awit ni David. | Isang Payapang Pagpapasiya na Maghintay para sa Kaligtasan ng Diyos | Pagtitiwala sa Proteksiyon ng Diyos | Pagtitiwala sa Proteksiyon ng Diyos | Pag-asa sa Diyos Lamang |
| 62:1-2 | 62:1-2 | 62:1-2 | 62:1-2 | 62:1-2 |
| 62:3-4 | 62:3-4 | 62:3-4 | 62:3-4 | 62:3-4 |
| 62:5-8 | 62:5-7 | 62:5-7 | 62:5-7 | 62:5-7b |
| | | | | 62:7c-8 |
| | 62:8 | 62:8 | 62:8 | |
| 62:9-10 | 62:9-10 | 62:9-10 | 62:9-10 | 62:9 |
| | | | | 62:10 |
| 62:11-12 | 62:11-12 | 62:11-12 | 62:11-12 | 62:11-12 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 62:1-2**
**1Sa Diyos lamang naghihintay ng tahimik ang aking kaluluwa;**
**sa kaniya galing ang aking kaligtasan.**
**2Siya lamang ang aking kanlungan at aking kaligtasan,**

**siya ang aking matayog na moog; hindi ako lubhang makikilos.**

**62:1-2** Ang istropang ito ay naglalarawan sa Diyos kung saan ang salmista ay naghihintay sa katahimikan (pansinin na ang vv. 1-2 ay halos katulad ng vv. 5-6). Siya ay matiyagang naghihintay para sa Diyos upang kumilos para sa kaniyang kapakanan (cf. Awit 131:2).

1. mula sa Diyos ang kaniyang kaligtasan (BDB 447), v. 1
2. Diyos lamang ang kaniyang bato (BDB 849), vv. 2,6, tingnan ang tala sa Awit 61:2
3. Diyos lamang ang kaniyang kaligtasan, vv. 2,6
4. Diyos ay kaniyang matayog na moog, v. 2

Dahil sa Diyos, siya ay hindi nayayanig (BDB 556, KB 555, *Niphal* DI-GANAP, cf. v. 6). Ang parirala sa talata 1 ay inulit sa talata 6 ngunit ang talata 1 ay may dagdag na terminong "lubha." Ang TEV, NRSV, at JPSOA ay isinalin ito bilang "hindi kailanman."

**62:1 "lamang"** Ang PANG-ABAY na ito (BDB 36) ay unang makikita sa MT sa mga talata 1,2,4,5,6,10 para sa pagbibigay-diin at isang pampanitikan paraan upang bigkisin ang Awit na magkakasama. Mayroong pagigining-bukod sa isang matapat na pamumuhay at isang makasalanang pamumuhay (cf. 62:4,9).

Ang JPSOA ay isinalin ito bilang "tunay nga." Ang NKJV ay isinalin lamang ang unang pagkakakita bilang "tunay nga."

▣**"kaluluwa"** Ito ay *nephesh* (BDB 659) na nagpapakilala ng buong pagkatao. Tingnan ang mga tala sa Awit 13:2 at 16:9.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 62:3-4**

**[3]Hanggang kailan maghahaka kayo ng masama laban sa isang tao,**
**Upang patayin siya ninyong lahat,**
**na gaya ng pader na tumagilid, o bakod na nabubuwal?**
**[4]Sila'y nagsisisangguni lamang upang ibagsak siya sa kaniyang karilagan;**
**sila'y natutuwa sa mga kasinungalingan;**
**sila'y nagsisibasbas ng kanilang bibig,**
**nguni't nanganunumpa sa loob. Selah.**

**62:3-4** Ang istropang ito ay naglalarawan ng kawalang pananampalataya ng mga kaaway.

1. maghahaka sila (sa literal ay sumigaw) – BDB 223, KB 243, *Polel* DI-GANAP, PANGMARAMIHAN; ang PANDIWA ay matatagpuan lamang dito sa OT at ang kahulugan ay nanggaling sa isang Arabeng salitang-ugat
2. sila ay nagtatangkang pumatay (sa literal ay ikalat) – BDB 953, KB 1283, *Pual* DI-GANAP; NET Bibliya ay pinapalagay na ang PANDIWA ay dapat na *Piel*, "lahat kayo ay mga mamamatay-tao" (p. 927)
3. sila ay tulad ng (maraming mga Ingles na salin ay may v. 3c na tumutukoy sa salmista; NRSV, TEV, NJB, JPSOA, REB)
    a. isang pader na tumagilid – BDB 639, KB 692, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI
    b. isang bakod na nabubuwal – BDB 190, KB 218, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI
4. sila ay nagsisisangunit (BDB 419, KB 421, *Qal* GANAP) lamang upang ibagsak siya sa kaniyang karilagan – BDB 632, KB 673, *Hiphil* PAWATAS NA BALANGKAS
5. sila'y natutuwa sa mga kasinungalingan – BDB 953, KB 1280, *Qal* DI-GANAP
6. sila'y nagsisibasbas (BDB 138, KB 159, *Piel* DI-GANAP) ng kanilang bibig, nguni't nanganunumpa sa loob – BDB 886, KB 1103, *Piel* DI-GANAP; ang isa ay nag-iisip kung ang Santiago 3:10 ay nagmula sa Awit na ito

Sa kanilang mga bunga (Mateo 7:16-20) at mga salita (Mateo 12:34-37) ay makikilala mo sila.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 62:5-8**

> **[5]Kaluluwa ko, maghintay kang tahimik sa Diyos lamang,**
> **sapagka't ang aking pagasa ay mula sa kaniya.**
> **[6]Siya lamang ang aking malaking bato at aking kaligtasan,**
> **siya'y aking matayog na moog; hindi ako makikilos.**
> **[7]Nasa Diyos ang aking kaligtasan at aking kaluwalhatian;**
> **ang malaking bato ng aking kalakasan, at ang kanlungan ko'y nasa Diyos.**
> **[8]Magsitiwala kayo sa kaniya buong panahon, kayong mga bayan;**
> **buksan ninyo ang inyong dibdib sa harap niya;**
> **Diyos ay kanlungan sa atin. Selah.**

**62:5-8** Ang unang dalawang mga talata ay halos eksaktong katulad ng 62:1-2. Ang salmista ay inilalarawan ang kaniyang mga pagkilos bilang isang matapat na tagasunod habang inihahambing sa walang pananampalatayang mga tagasunod.

1. siya *ay sumasandig* sa kaligtasan at kaluwalhatian ng Diyos ("honor," BDB 458)
2. siya ay sumasandig (pinagpalagay) sa Diyos bilang kaniyang bato at kalakasan
3. ang Diyos ang kaniyang kanlungan

Ang talata 8 ay nagbago mula sa isang pansariling pagtuon patungo sa isang pangmaramihang pagtuon (maraming mga saling Ingles ay ginagawa itong isang hiwalay na istropa). Ito ay nagsisimula sa dalawang MGA PAUTOS na nagpapahayag sa kumunidad ng matapat na mga tagasunod.

1. Magsitiwala kayo sa kaniya buong panahon – BDB 105, KB 120, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 37:3,5; 52:8; Isaias 26:4. Ang mahirap na bahagi ay ang pariralang, "sa buong panahon," ngunit ito ay ang susi sa tunay na kapayapaan at pagtitiwala (cf. Awit 34:1).
2. buksan ninyo ang inyong puso sa niya – BDB 1049, KB 1629, *Qal* PAUTOS, cf. 1 Samuel1:15; Panaghoy 2:19 (i.e., maging matapat ka tungkol sa iyong mga nararamdaman at mga suliranin kapag nananalangin sa Diyos; ito ay lubhang naiiba sa "katahimikan" sa mga talata 1 at 5. Ang mga talata 1 at 5 ay naghihinatay para sa Diyos na kumilos pagkatapos ng panalangin at ang talata 8 ay isang panawagan na manalangin.)
3. Diyos ay ating kanlungan – Diyos ay hindi lamang ang pansariling pinagkukunan/lugar ng kaligtasan, Siya ay ang pinagkukunan/lugar ng kaligtasang ng kumunidad ng pananampalataya!

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2; gayundin sa Panimula sa Awit, VII.

**62:5 "sa Diyos"** Sa talata 1, ang saling ito ay wasto ngunit dito, mayroong idinagdag na panimulang *lamed* (hindi isang PANG-UKOL), na may pagbibigay-diin, "Diyos mismo."

▣ Ang PAUTOS na "manahimik" (BDB 198, KB 226, *Qal* PAUTOS) ay ginamit dito, kung sann ang PANGNGALAN (BDB 189) ay ginamit sa talata 1.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 62:9-10**

> **[9]Tunay na walang kabuluhan ang mga taong may mababang kalagayan,**
> **at ang mga taong may mataas na kalagayan ay kabulaanan;**
> **sa mga timbangan ay sasampa sila;**
> **silang magkakasama ay lalong magaan kay sa walang kabuluhan.**
> **[10]Huwag kang tumiwala sa kapighatian**
> **at huwag maging walang kabuluhan sa pagnanakaw;**

**kung ang mga kayamanan ay lumago, huwag ninyong paglalagakan ng inyong puso.**

**62:9-10** Ang istropang ito ay nagpapahayag ng lahat ng mga tao mula sa iba't-ibang mga antas ng lipunan (i.e., mababang baitang. . .antas). Sa kawalan ng pananampalataya/pagtitiwala sa Diyos, sila ay walang kabuluhan (BDB 210 I) at mga kasinungalingan (BDB 469). Ang MT ay may "mga anak na lalaki ng mga tao" ng dalawang beses. Kinuha ng mga salin ang "mababang kalagayan" at "antas" mula sa isang katulad na parirala sa Awit 49:2. Ang JPSOA ay may "Ang mga tao ay tila hininga; mga mortal (BDB 35), guni-guni," na itinatanggi ang kaugnayan sa Awit 49:2 bilang isang magkakaagapay at pinapaliwanag ang "mga anak na lalaki ng Adan" (BDB 9) at "mga anak na lalaki ni *Ish*" bilang magkakaagapay at tumutukoy sa lahat ng mga tao. Para sa akin, ito ang v. 10 ay tila tumutukoy sa poagsasamantala ng kaawa-awa at walang kapangyarihan ng mga matataas sa lipunan sa Israel, at ang Awit 49 ay maaaring isang mabuting kaagapay.

Ang ikalawang pahayag ay gumagamit ng paglalarawan mga mga sukatan sa kalakalan. Sa Hebreo, ang siyang mabigat ay marangal/maliwanag; ang siyang magaan (i.e., hininga, BDB 210 I na ginamit dalawang beses) ay walang dangal.

Talata 10 ay may tatlong MGA PANGKAUTUSAN na nagpapaalala sa walang pananampalataya mga tagasunod.

1. Huwag kang tumiwala sa kapighatian – BDB 105, KB 120, *Qal* DI-GANAP NA KABALIKTARAN na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. huwag maging walang kabuluhan sa pagnanakaw – BDB 211, KB 236, *Qal* DI-GANAP NA KABALIKTARAN na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
3. huwag ninyong paglalagakan ng inyong puso – BDB 1011, KB 1483, *Qal* DI-GANAP NA KABALIKTARAN na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

Batay sa istropang ito at 62:4, ang mga tao na binabanggit ay mga kasapi ng mga matataas sa lipunan ng Israel (i.e., pambayan, panghukbong, pang-komersyo).

**62:9 "walang kabuluhan. . . walang kabuluhan"** Ang mga ito ay kapwa mga salin ng Hebreo na termino (BDB 210 I). Ito ay isa sa dalawang susing termino sa Ecclesiastes. Tingnan ang aking mga tala sa salita sa Ecclesiastes 1:2 sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 62:11-12**
**11 Ang Diyos ay nagsalitang minsan;**
**makalawang aking narinig ito:**
**na ang kapangyarihan ay ukol sa Diyos;**
**12 Sa iyo naman, Oh Panginoon, ukol ang kagandahang-loob,**
**sapagka't ikaw ay nagbabayad sa bawa't tao ayon sa kaniyang gawa.**

**62:11-12** Ito huling istropa ay nagpapahayag ng teolohikong isyu kung paanong yumayabong ang di-matuwid (cf. Job; Awit 37 at 73). Ang Mosaikong kautusan ay nagpapahayag ng kayamanan, kalusugan, at tagumpay sa pagsunod sa kasunduan (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30). Ang "dalawang paraan" (cf. Awit 1; Deuteronomio 30:15,19) ay ipinahahayag din dito. Gayunman, sa katotohanan, kadalasan ang mayayaman ay mapang-abuso, sakim, malupit, mga likong nagmamanipula na naglalarawan ng diwa ng Pagkalugmok: mas higit para sa akin sa anumang halaga!

Tayo ay nabubuhay sa isang may kinikilingang mundo. Ang Diyos ay may ipinangakong magtuwid nito. Mayroong isang araw ng kahatulan. Isang araw, ating aanihin kung ano ang ating itinanim (cf. Job 34:11; Awit 28:4; Kawikaan 24:12; Ecclesiastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; taga-Roma 2:6; 14:12; 1 taga-Corinto 3:8; 2 taga-Corinto 5:10; taga-Galacia 6:7-10; 2 Timoteo 4:14; 1 Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12)! Isang aklat na nakatulong sa paksang ito ay *The Christian's Secret of a Happy Life*" ni Whithall Smith.

**62:11** Ito ay isang wikain para sa isang kilala, kadalasang inihahayag, na katotohanan sa tatlong mga bahagi (i.e., kapangyarihan, kasunduang katapatan, at kabayaran). Dahil sa Pagkalugmok, ang ilang mga tao ay makakaranas ng kapangyarihan ni YHWH; ang ilan ay Kaniyang kagandahang-loob! Ang ating mga pagkilos ay ipinapakita kung sino ang ating Ama!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong naiiba ang mga talata 1 at 5 sa talata 8?
2. Sino ang tinutukoy sa talata 3c?
3. Bakit kailangang maging hiwalay na istropa ang talata 8?
4. Sino ang pinatutungkulan ng talata 9? Paano ay ito magkaugnay sa Awit 49:2?
5. Itala ang mga punto kung saan ang Diyos ay nagsalita at ang salmista ay narinig ng maraming beses.

# AWIT 63

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Nauuhaw na Kaluluwa na Nasisiyahan sa Diyos<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David, noong siya ay nasa ilang ng Judah | Maligaya sa Pakikipag-ugnayan sa Diyos | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa Personal na Kaaway | Pananabik sa Diyos | Paghahangad sa Diyos |
| 63:1-5 | 63:1-2 | 63:1-4 | 63:1-5 | 63:1-2 |
| | 63:3-5 | | | 63:3-5 |
| | | 63:5-8 | | |
| 63:6-8 | 63:6-8 | | 63:6-8 | 63:6-8 |
| 63:9-11 | 63:9-11 | 63:9-11 | 63:9-11 | 63:9-11 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Nakakagulat na ang Awit na ito ay walang MGA PAUTOS, MGA PANGKAUTUSAN, o MGA PANGPANGKAT.

B. Ang Awit na ito ay hindi nagpapaalala sa iba ngunit naglalarawan ng isang personal na pagsisiyasat para sa isang malalim, personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos (cf. Awit 42:1-4).

C. Tulad ng maraming Awit, mayrrong ay isang aspeto ng pag-iigting sa mga kaaway (cf. vv. 9-11). Dahil sa talata 11, nagpapakilala ito ng mga kaisipan ng Hari, kaya sila ay maaaring

1. mga dayuhan
2. mga walang pananampalatayang Israelita

D. Ang talata 11a ay hindi awtomatikong ginagawa itong isang maharlikang Awit; tingnan ang tala sa 63:9-11 para sa mga opsyon.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 63:1-5**
**1 Oh Diyos, ikaw ay Diyos ko; hahanapin kitang maaga;**
**kinauuhawan ka ng aking kaluluwa, pinananabikan ka ng aking laman,**
**sa isang tuyo at uhaw na lupa na walang tubig.**
**2 Sa gayo'y tumingin ako sa iyo sa santuario,**
**Upang tanawin ang iyong kapangyarihan at ang iyong kaluwalhatian.**
**3 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay mainam kay sa buhay,**
**pupurihin ka ng aking mga labi.**
**4 Sa gayo'y pupurihin kita habang ako'y nabubuhay;**
**igagawad ko ang aking mga kamay sa iyong pangalan.**
**5 Ang kaluluwa ko'y matutuwa na gaya sa utak at taba,**
**at ang bibig ko'y pupuri sa iyo ng masayang mga labi.**

**63:1-5** Sa istropang ito, ang salmista naglalarawan ng kanyang damdamin tungkol sa Diyos (v. 1, *Elohim* at *El*, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1).
1. hahanapin ka niyang maaga (sa literal ay "tumingin nang maaga" ) – BDB 1007, KB 1465, *Piel* DI-GANAP (cf. Awit 78:34; Kawikaan 7:15; 8:17; 13:24; Isaias 26:9; Osea 5:15); ang katulad na salitang-ugat ay ang PANGNGALAN na anyo para sa "bukang-liwayway" (cf. Awit 57:8)
2. kaniyang kaluluwa (sa literal ay *nephesh*, BDB 659) ay nauuhaw para sa Diyos – BDB 854, KB 1032, *Qal* GANAP, cf. Awit 42:2; 84:2; Mateo 5:6
3. kaniyang laman (BDB 142) ay nananabik (sa literal ay "nawalang-malay") para sa Diyos – BDB 484, KB 480, *Qal* GANAP; tanging dito sa OT; mula sa Arabeng salitang-ugat "maging maputla ang mukha"
4. siya ay naglalarawan ng kaniyang pagkauhaw at kawalang-malay bilang na hatid ng isang tuyo at nakakapanghinang lupain na walang tubig (cf. Awit 143:6); Ang Diyos ay kadalasang inilalarawa bilang pinagmumulan ng "buhay na tubig" (cf. Isaias 12:3; 44:3; 55:1; Jeremias 2:13; 17:13; Juan 4:10; 7:37-38; Pahayag 21:6; 22:17)

Ang masidhing paghahanap para sa Diyos sa isang tuyong lupain ay naidulot dahil sa nananariwang kaligayahan na kaniyang nalalaman dati sa pagsamba sa templo (v. 2).
1. makita ang Diyos sa sanctuario (sa literal ay "sa kabanalan," cf. Awit 60:6; 89:35; 102:19) – BDB 302, KB 301, *Qal* GANAP; ang salitang ito ay maaaring mangahulugang sanctuario ngunit hindi kailangang mangahulugan ng ganyan; sa aking palagay, ang linyang ito ng tula ay hindi nag-aatas ng isang tao sa pagkakatapon; AB (p. 97) ay nagmumungkahi "makalangit na sanctuario" sa v. 5 at "walang-hanggang buhay" sa v. 4
2. makita ang Kaniyang kapangyarihan – BDB 906, KB 1157, *Qal* PAWATAS NA BALANGKAS, cf. Awit 59:17; 62:11
3. makita ang Kaniyang kaluwalhatian – BDB PANDIWA na ipinapalagay nasa itaas (isang dalawahang LAYON)

Kung paano tiyakang ang kapangyarihan at glory ay nahayag ay hindi nakasaad ngunit ngayong ang salitang "kaluwalhatian" ay ginamit sa *Shekinah* na kaluwalhatian (i.e., ulap) sa panahon ng paglalagalag sa ilang (cf. Exodo 16:7,10; 24:16,17; 40:34,35; Levitico 9:6,23; Bilang 14:10; 16:19;

17:7,10; 20:6), maaaring isang bagay tulad ng 1 Mga Hari 8:11 ay muling makita (ang ibang opsyon ay isang pangitain ng Diyos sa Kaniyang sarili, tulad ng Isaias 6 o Ezekiel 1; 10).

**63:3-5** Ang mga talatang ito ay naglalarawan kung paano pinapurihan ng salmista ang Diyos dahil sa Kaniyang kagandahang-loob (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7) na higit sa buhay.

1. ang kaniyang mga labi ay magpupuri sa Diyos – BDB 986 II, KB 1387, *Piel* DI-GANAP
2. pupurihin niya ang Diyos habang siya ay nabubuhay – BDB 138, KB 159, *Piel* DI-GANAP
3. igagawad ko ang aking mga kamay – BDB 669, KB 724, *Qal* DI-GANAP
4. ang kaniyang kaluluwa ay matutuwa – BDB 959, KB 1302, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 36:8
5. ang kaniyang bibig ay magpupuri ng may masayang labi – BDB 237 II, KB 248, *Piel* DI-GANAP

**63:4 "igagawad ko ang aking mga kamay"** Tingnan ang tala sa Awit 28:2.

▣**"sa iyong pangalan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pangalan ni YHWH sa Awit 5:11-12.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 63:6-8**
**6 Pagka naaalaala kita sa aking higaan,**
**at ginugunita kita sa pagbabantay sa gabi,**
**7 Sapagka't naging katulong kita,**
**at sa lilim ng mga pakpak mo'y magagalak ako.**
**8 Ang kaluluwa ko'y nanunumod na mainam sa iyo;**
**inaalalayan ako ng iyong kanan.**

**63:6-8** Ang istropang ito ay nagpapatuloy na paglalarawan ng salmista sa kabutihan at kalinga ng Diyos.

1. naaalala niya ang Diyos habang siya ay natutulog – BDB 269, KB 269, *Qal* GANAP, cf. Deuteronomio 6:6-9; Awit 119:15, 48,97,99;
2. ginugunita niya ang Diyos sa gabi – BDB 211 I, KB 237, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 4:4
3. ang Diyos ay nakatulong niya (BDB 740 I) – BDB 224, KB 243, *Qal* GANAP, cf. Awit 27:9
4. siya ay protektado (sa lilim ng mga pakpak ng Diyos) at umaawit para sa kaligayahan – BDB 943, KB 1247; *Piel* DI-GANAP
5. siya (sa literal ay *nephesh*) kumakapit sa Diyos – BDB 179, KB 209, *Qal* GANAP, cf. Genesis 2:24; Ruth 1:14; 2 Mga Hari 18:6
6. inaalalayan siya ng kanang kamay ng Diyos – BDB 1069, KB 1751, *Qal* GANAP, cf. Awit 18:35; 41:12

Pansinin kung paanong ang #5 at #6 ay nagpapakilala ng kapwa panig ng kasunduang pakikipag-ugnayan. Tinatawag nito ang mga pagpili at mga pagkilos ng kapwa Diyos at tao.

**63:7 "sa lilim ng mga pakpak"** Tingnan ang tala sa Awit 17:8 at Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12.

**63:8 "kanan"** Tingnan ang tala sa Awit 18:35 at Natatanging Paksa: Kamay sa Awit 7:3-4.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 63:9-11**
**9 Nguni't ang nagsisihanap ng kaluluwa ko, upang ipahamak,**
**magsisilusong sa mga lalong mababang bahagi ng lupa.**
**10 Sila'y mangahuhulog sa kapangyarihan ng tabak;**
**sila'y magiging pagkain sa mga zorra.**
**11 Nguni't ang hari ay magagalak sa Diyos;**
**bawa't sumusumpa sa pamamagitan niya ay luluwalhati,**

**sapagka't ang bibig nila na nagsasalita ng mga kasinungalingan ay patitigilin.**

**63:9-11** Katulad ng kadalasang nangyayari sa Awit, isang istropa ay ipinahahayag sa mga kaaway ng salmista. Sa isa nito, "ang hari" ay tiyakang nabanggit. Ito ay maaaring mangahulugang

1. ang hari ay ang salmista
2. ang salmista ay nagpapahayag ng mga suliranin na hinaharap ng hari at ipinapahayag kung paanong nalalaman niya ang nararamdaman ng hari (cf. v. 11a)
3. ito ay isang pampanitikan pamamaraan upang maiugnay sa pansariling Awit patungo sa pangmaramihang Awit (cf. v. 11b)

Ang mga panahayg na ito ay tungkol sa mga kaaway (i.e., sa kanilang hinahanap ang kaniyang buhay upang ipahamak ito at, samakatuwid ay Israel).

1. sila ay magsisilusong sa mga lalong mababang bahagi ng lupa (i.e., ang Pit, *Sheol*, ang libingan, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6).

   Sa OT, ang lahat ng mga tao tutungo sa *Sheol*, habang ang lahat ng mga tao ay tutungo sa *Hades* sa NT upang maghintay ng araw ng kahatulan. Ito ay maaaring ang "ang pinakamababang bahagi" na ipinakikilala ang walang pananampalataya tagasunod at pagano.
2. Sila'y mangahuhulog sa kapangyarihan ng tabak – BDB 620, KB 669, *Hiphil* DI-GANAP
3. sila'y magiging pagkain sa mga zorra (i.e., walang wastong paglilibing)
4. ang bibig nila na nagsasalita ng mga kasinungalingan ay patitigilin – BDB 698, KB 55, *Niphal* DI-GANAP

Dahil dito

1. ang hari ay magagalak sa Diyos – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP
2. bawa't sumusumpa sa pamamagitan niya (BDB 989, KB 1396, *Niphal* PANDIWARI) ay luluwalhati – BDB 237, KB 248, *Hithpael* DI-GANAP, cf. Isaias 48:1; 65:16

Ang katuwiran at katotohanan at pananampalataya ay mananaig sa huli dahil sa katangian at mga layunin ng ating Diyos!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano mahihahambing ang Awit na ito sa Awit 42?
2. Nasa pagpapatapon ba ang salmista? Bakit o bakit hindi?
3. Ano ang pintutungkulan ng talata 2b?
4. Sa palagay mo, saan nangyari ang mga talata 3-5?
5. Sino ang mga kaaway ng mga talata 9-10?
6. Ito ba ay isang maharlikang Awit? Bakit o bakit hindi?

# AWIT 64

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin sa Pagpapalaya sa mga Lihim na Kaaway<br><u>Panimula sa MT</u><br>Para sa punong mang-aawit. Isang Awit ni David. | Inaapi ng Masasama ngunit ngunit Nagagalak sa PANGINOON | Isang Panalangin para sa Proteksyon sa mga Personal na Kaaway | Isang Panalangin para sa Proteksyon | Kaparusahan para sa mga Maninirang-puri |
| 64:1-6 | 64:1-4 | 64:1-6 | 64:1-6 | 64:1-2 |
| | | | | 64:3-4 |
| | 64:5-6 | | | 64:5-6 |
| 64:7-10 | 64:7-9 | 64:7-9 | 64:7-10 | 64:7-8 |
| | | | | 64:9 |
| | 64:10 | 64:10 | | 64:10 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang salmista ay pinibighati ng mga lihim na kaaway. Ito ay nagpapahiwatig ng kapwa mga Israelita.
Sila ay tinatawag na
   1. ang kaaway, v. 1 (BDB 33, KB 38, *Qal* PANDIWARI)
   2. mga manggagawa ng kasamaan, v. 2 (BDB 949, KB 1269, *Hiphil* PANDIWARI)
   3. sa kanilang gumagawa ng katampalasan, v. 2 (BDB 821, KB 950, *Qal* PANDIWARI)
Para sa mga tala sa mga pangalan ng mga kaaway, tingnan ang 1:5; 5:10; 15:2-5.

B. Ang kanilang mga pagkilos ay (vv. 2-6) nakatala.
   1. sila ay nagdudulot ng pagkatakot (BDB 808), cf. Awit 91:5
   2. sila ay namumuno sa mga lihim na konseho
   3. sila ay gumagawa ng katampalasan
   4. sila ay may mga matatalas na dila tulad ng isang tabak
   5. sila ay nag-aasinta ng kanilang pananalita bilang mga palaso
   6. sila ay umaatake mula sa pagtatambang
   7. sila ay hindi natatakot (i.e., Diyos)
   8. sila ay maigting sa kanilang mga masamang plano
   9. sila ay nagbabalak na maglatag ng mga patibong nang palihim
   10. iniisip nila na sila ay nakatago (i.e., mula sa Diyos)
   11. sila ay nagbabalangkas ng kawalang-katarungan
   12. sila ay mayroong mahusay na masamang plano
   13. sila ay kasamaan sa kaisipan at puso

C. Ang mga pagkilos ng Diyos laban sa kanila ay isinalaysay (vv. 7-10).
   1. Siya ay susugat sa kanila ng isang palaso
   2. Siya ay gagawin silang katitisuran
   3. Siya ay gagamitan ang kanilang sariling mga salita laban sa kanila sa kahatulan
   4. Siya ay magdudulot sa kanila na mapahiya
   5. ang Kaniyang mga pagkilos tungo sa kanila ay magdudulot sa lahat ng tao na
      a. matakot/magpitagan
      b. ipahayag ang Kaniyang gawa
      c. isaalang-alang ang Kaniyang mga pagkilos
   6. Kaniyang mga pagkilos ay magdudulot sa matuwid na tao na
      a. magalaka sa Kaniyang mga pagkilos
      b. magtamo ng kanlungan (i.e., pagtitiwala) sa Kaniya
      c. magluwalhati sa kanilang mga puso

D. Ang pantaong pananalita ay maaaring isang pagpapala o isang sumpa (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 52:2).

E. Bagaman ito ay maaari na matiyak ang pangkasaysayang kalalagayan o pagkakilala ng salmista, ito ay kawili-wili kung paanong ginamit ang maraming panghukbong paglalarawan
   1. tabak
   2. palaso
   3. pagtambang

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 64:1-6**

**1 Dinggin mo ang tinig ko, Oh Diyos, sa aking hibik;**
**ingatan mo ang buhay ko sa pagkatakot sa kaaway.**
**2 Ikubli mo ako sa lihim na payo ng mga manggagawa ng kasamaan,**
**sa panggugulo ng mga manggagawa ng kasamaan,**
**3 Na siyang nangaghasa ng kanilang dila na parang tabak.**
**at pinahilagpos ang kanilang mga palaso, sa makatuwid baga'y ang masasakit na salita,**
**4 Upang kanilang maihilagpos sa sakdal sa mga lihim na dako;**

**biglang inihihilagpos nila sa kaniya at hindi natatakot.**
**5 Sila'y nagpapakatapang sa masamang akala;**
**sila'y nagsasangusapan ng paglalagay ng lihim na silo;**
**Sinasabi nila, "Sinong makakakita?"**
**6 Sila'y nagsisipagsiyasat ng mga kasamaan,**
**aming naganap, sabi nila, ang masikap na pagsiyasat;**
**at ang pagiisip sa loob ng bawa't isa, at ang puso ay malalim.**

**64:1 "Dinggin"** Maraming mga istropa sa Awit ay nagsisimula sa PAUTOS (cf. Awit 17:1; 27:7; 28:2; 30:10; 39:12; 54:2; 61:1; 64:1; 84:8; 102:1; 119:149; 130:2; 143:1). Ang Awit ay kadalasang mga panalangin sa Diyos na nagsusumamo sa Kaniya na kumilos para sa Kaniyang mga tao o isang matuwid tagasunod.

Ang panalangin ay isang kahanga-hanga pribelehiya sa mga tao ng Diyos. Pinapalaya nito ang isang kapangyarihan sa mundo na hindi makikita dati. Aking inilagay ang tatlong Natatanging mga Paksa sa ibaba sa iba't-ibang mga aspeto ng biblikal na panalangin.

**NATATANGING PAKSA: MABISANG PANALANGIN**

A. Nauugnay sa personal na pakikipag-ugnayan sa Trinidad na Diyos
  1. Nauugnay sa kalooban ng Ama
    a. Mateo 6:10
    b. I Juan 3:22
    c. I Juan 5:14-15
  2. Pananatili kay Hesus
    a. Juan 15:7
  3. Pananalangin sa pangalang ni Hesus
    a. Juan 14:13,14
    b. Juan 15:16
    c. Juan 16:23-24
  4. Pananalangin sa Espiritu
    a. taga-Efeso 6:18
    b. Hudas 20
B. Nauugnay sa personal na layunin
  1. Hindi nag-aalinlangan
    a. Mateo 21:22
    b. Santiago 1:6-7
  2. Humihiling ng masama
    a. Santiago 4:3
  3. Humihiling ng makasarili
    a. Santiago 4:2-3
C. Nauugnay sa personal na pagpili
  1. Pagtitiis
    a. Lucas 18:1-8
    b. taga-Colosas 4:2
    c. Santiago 5:16
  2. Sigalot sa tahanan
    a. I Pedro 3:7
  3. Kasalanan
    a. Awit 66:18

b. Isaias 59:1-2
c. Isaias 64:7

Ang lahat ng panalangin ay sinasagot, ngunit hindi lahat ng panalanging ay mabisa. Ang panalangin ay isang pangdalawahang pakikipag-ugnayan. Ang pinaka malalang bagay na maaaring gawin ng Diyos ay ibigay sa mga mananampalataya ang mga hindi naaangkopy na kahilingan.

**NATATANGING PAKSA: ANG PANALANGING NAMAMAGITAN**

I. Panimula
   A. Ang panalangin ay mahalaga dahil sa halimbawa ni Hesus
      1. Pansariling panalangin, Marcos 1:35; Lucas 3:21; 6:12; 9:29; 22:31-46
      2. Paglilinis ng Templo, Mateo 21:13; Marcos 11:17; Lucas 19:46
      3. Tutularang panalangin, Mateo 6:5-13; Lucas 11:2-4
   B. Ang panalangin ay paglalagak sa tiyak na pagkilos ang ating pananampalataya sa isang personal, mapagkalingang Diyos na sa ating harapan, nakahanda, at may kakayahang kumilos sa ganang atin at sa iba, sa pamamagitan ng ating mga pangalangin.
   C. Ang Diyos ay may pangsariling pagtatakda sa Kanyang sarili upang kumilos sa mga panalangin ng Kanyang mga anak sa maraming saklaw (cf. Santiago 4:2)
   D. Ang pangunahing layunin ng panalangin ay ang ating pakikipag-ugnayan at panahon kasama ang Trinidad na Diyos.
   E. Ang saklaw ng panalangin ay kahit ano o kahit na sino na may kinalaman sa mga mananampalataya. Maaari tayong manalangin nang minsan, na nananampalataya, o paulit-ulit ang kaisipan o pangangailangan ay bumabalik.
   F. Ang Panalangin ay kinapapalooban ng maraming sangkap
      1. pagpuri at pagsamba sa Trinidad na Diyos
      2. pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang presensya, pakikipag-ugnayan, at pagtutustos ng pangangailangan
      3. paghahayag ng ating pagiging makasalanan, kapwa sa nakalipas at kasalukuyan
      4. pagsusumamo para sa ating mga nadamang mga pangangailangan o mga pagnanais
      5. tagapamagitan sa ating mga pinanghahawakang mga pangangailangan ng iba sa harapan ng Ama
   G. Ang panalangin ng pamamagitan ay isang hiwaga. Iniibig ng Diyos ang ating mga pinapanalangin na higit kaysa sa atin, gayunman, ang ating mga panalangin ay kadalasang gumagawa ng isang pagbabago, pagtungon, o pangangailangan, hindi lang sa ating mga sarili, kundi sa kanila.

II. Biblikal na Sangkap
   A. Lumang Tipan
      1. Ilang mga halimbawa ng panalanging pamamagitan:
         a. Pagsusumamo ni Abraham para sa Sodom, Genesis 18:22ff
         b. Mga panalangin ni Moises para sa Israel
            (1) Exodo 5:22-23
            (2) Exodo 32:31ff
            (3) Deuteronomio 5:5
            (4) Deuteronomio 9:18,25ff
         c. Si Samuel ay nanalangin para sa Israel:
            (1) I Samuel 7:5-6,8-9
            (2) I Samuel 12:16-23
            (3) I Samuel 15:11
         d. Si David para sa kanyang anak, II Samuel 12:16-18
      2. Ang Diyos ay naghahanap ng mga tagapamagitan, Isaias 59:16
      3. Ang batid, hindi napagsisihang kasalanan o ang ugaling walang pagsisisi ay nakakaapekto sa

ating mga panalangin

a. Awit 66:18
b. Kawikaan 28:9
c. Isaias 59:1-2; 64:7

B. Bagong Tipan
1. Ang gawaing pamamagitan ng Anak at Espiritu
a. Hesus
(1) taga-Roma 8:34
(2) Hebreo 7:25
(3) I Juan 2:1
b. Banal na Espiritu, taga-Roma 8:26-27
2. Ang gawaing pamamagitan ni Pablo
a. Mga panalangin para sa mga Hudyo
(1) taga-Roma 9:1ff
(2) taga-Roma 10:1
b. Mga panalangin para sa mga iglesiya
(1) taga-Roma 1:9
(2) taga-Efeso 1:16
(3) taga-Filipos 1:3-4,9
(4) taga-Colosas 1:3,9
(5) I taga-Tesalonica 1:2-3
(6) II taga-Tesalonica 1:11
(7) II Timoteo 1:3
(8) Filemon, v. 4
c. Si Pablo ay humiling sa mga iglesiya na siya ay ipanalangin
(1) taga-Roma 15:30
(2) II taga-Corinto 1:11
(3) taga-Efeso 6:19
(4) taga-Colosas 4:3
(5) I taga-Tesalonica 5:25
(6) II taga-Tesalonica 3:1
3. Ang gawaing pamamagitan ng iglesiya
a. Panalangin sa isa't-isa
(1) taga-Efeso 6:18
(2) I Timoteo 2:1
(3) Santiago 5:16
b. Panalanging ipinamamanhik para sa mga natatanging pangkat
(1) Ating mga kaaway, Mateo 5:44
(2) Mga Kristiyanong manggagawa, Hebreo 13:18
(3) Mga namumuno, I Timoteo 2:2
(4) Sa may-sakit, Santiago 5:13-16
(5) Sa mga tumalikod, I Juan 5:16

III. Mga batayan para sa mga tinugunang panalangin
A. Ang ating pakikipag-ugnayan kay Kristo at sa Espiritu
1. Manatili sa Kaniya, Juan 15:7
2. Sa Kanyang pangalan, Juan 14:13,14; 15:16; 16:23-24
3. Sa Espiritu, taga-Efeso 6:18; Judas 20
4. Ayon sa kalooban Diyos, Mateo 6:10; I Juan 3:22; 5:14-15
B. Mga Dahilan
1. Hindi nag-aalinglangan, Mateo 21:22; Santiago 1:6-7

2. pakumbabaan at pagsisisi, Lucas 18:9-14
3. Maling paghingi, Santiago 4:3
4. Pagiging makasarili, Santiago 4:2-3

C. Ibang mga aspeto
1. Kasigasigan
a. Lucas 18:1-8
b. taga-Colosas 4:2
2. Palaging paghingi
a. Mateo 7:7-8
b. Lucas 11:5-13
c. Santiago 1:5
3. Hindi pagkakasundo sa tahanan, I Pedro 3:7
4. Malaya sa mga batid na kasalanan
a. Awit 66:18
b. Kawikaan 28:9
c. Isaias 59:1-2
d. Isaias 64:7

IV. Teolohikong Paglalagom
A. Anong isang tanging karapan. Anong isang pagkakataon. Anong isang tungkulin at pananagutan
B. Si Hesus ang ating halimbawa. Ang Espiritu ay ating gabay. Ang Ama ay masugid na naghihintay.
C. Maaari itong makapagpabago sa iyo, iyong pamilya, iyong mga kaibigan, at sa sanglibutan.

**NATATANGING PAKSA: PANALANGIN, WALANG LIMITASYON SUBALIT LIMITADO**

A. Ang Sinoptikong mga Ebanghelyo
1. ang mga mananampalataya ay pinalalakas ang loob na magtiis o magsumigasig sa pananalangin at ang Diyos ay magtutustos ng "mabuting mga bagay" (Mateo) o ang "Kanyang Espiritu" (Lucas) Mateo 7:7-11; Lucas 11:5-13)
2. sa konteksto ng disiplina sa iglesya ang mga mananampalataya (dalawa) ay hinihimok na magkaisa sa panalangin (Mateo 18:19)
3. sa konteksto sa paghahatol sa Judaismo ang mga mananampalataya ay dapat na humingi ng may pananampalataya at walang pagaalinlangan (Mateo 21:22; Marcos 11:23-24)
4. sa konteksto ng dalawang parabula (Lucas 18:1-8, ang di-matuwid na hukom at Lucas 18:9-14, ang Fareseo at ang makasalanan) ang mga mananampalataya ay hinihimok na umakto na iba mula sa dimakadiyos na paghahatol at sariling pagmamatuwid ng Fareseo. Ang Diyos ay nakaririnig sa mga mapagpakumbaba at nagsisisi (Lucas 18:1-14)

B. Mga kasulatan ni Juan
1. sa konteksto ng lalakeng ipinanganak na bulag na pinagaling ni Hesus, ang tunay na kabulagan ng Fareseo ang nailantad. Ang panalangin ni Hesus (na gaya ng kahit sino) ay mga tinugod sapagkat kilala Niya ang Diyos at namumuhay ng ayon (Juan 9:31).
2. Sa Talakayan sa Itaas na Silid sa Juan (Juan 13-17)
a. 14:12-14 – ang panalanging naniniwala ay ay may mga katangiang
1) nagmumula sa mga mananampalataya
2) paghingi ng ayon sa pangalan ni Hesus
3) pagnanais na ang Ama ay maluwalhati
4) pagsunod sa mga kautusan (v. 15)
b. 15:7-10 – ang panalangin ng mga mananapalataya ay may mga katangian na
1) pananatili kay Hesus

2) ang Kanyang salita ay nananitli sa kanila
3) pagnanais na ang Ama ay maluwalhati
4) nakagagawa ng maraming bunga
5) pagsunod sa mga kautusan (v. 10)

c. 15:15-17 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
1) kanilang eleksyon
2) kanilang pagdadala ng mga bunga
3) paghingi ayon sa pangalan ni Hesus
4) pagsunod sa kautusan na magmahalan sa bawat isa

d. 16:23-24 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
1) paghingi ayon sa pangalan ni Hesus
2) pagnanais na ang kagalakan ay maging puno

3. Unang sulat ni Juan (I Juan)

a. 3:22-24 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
1) pagsunod sa Kanyang mga kautusan (vv. 22,24)
2) pamumuhay ng nararapat
3) paniniwala kay Hesus
4) magmahal sa bawat isa
5) pananatili sa Kanya at Siya sa atin
6) pagkakaroon ng kaloob ng Espiritu

b. 5:14-16 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
1) kompiyansa sa Diyos
2) naayon sa Kanyang kalooban
3) ang mga mananampalataya ay nananalangin sa bawat isa

C. Santiago

1. 1:5-7 – ang mga mananampalataya na kinakaharap ng maraming mga pagsubok sinabihan na humingi ng karunungan ng hindi nagaalinlangan
2. 4:2-3 – ang mga mananampalataya ay dapat humingi ng may nararapat na mga motibo
3. 5:13-18 – ang mga mananampalatayang kinakaharap ng suliraning pangkalusugan ay hinihimok na
   a. na manghingi ng panalangin sa mga nakakatatanda sa iglesya
   b. na manalangin sa pananampalataya ay makapagliligtas
   c. na hingin na ang kanilang mga kasalanan ay mapatawad
   d. na ipahayag ang kasalanan sa bawat isa at ipanalangin ang bawat isa (kapareha sa I Juan 5:16)

Ang susi sa mabisang panalangin ay pagiging wangis ni Kristo. Ito ang ibig sabihin ng pananalangin sa pangalan ni Hesus. Ang pinakamalubhang bagay na gawin ng Diyos para sa maraming Kristyano ay tugunin ang kanilang makasariling mga panalangin! Sa isang pakahulugan lahat ng mga panalangin ay sinagot. Ang pinakamahalagang aspeto ng panalagin ay ay mananampalataya ay gumugol ng panahon sa Diyos, pagtitiwala sa Diyos.

▣

**NASB, NRSV** **"hibik"**
**NKJV** **"pagninilay-nilay"**
**LXX** **"kahilingan"**

Ang PANGNGALAN (BDB 967) ay kadalasang ginagamit sa tulaan para sa isang "karaingan."

1. Job 7:11; 9:27; 10:1; 21:4; 23:2
2. Awit 55:2; 142:2
3. Kawikaan 23:29

Ang salmista ay nagpapahayag sa Diyos tungkol sa kawalang-katarungan ng buhay na kaugnay sa mga

atake ng kapwa pangkasunduang mga tao.

▣ **"ingatan mo ang buhay ko sa pagkatakot sa kaaway"** Ang PANDIWA (BDB 665 I, KB 718, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit na may PANG-UKOL "mula sa" sa Awit 12:7; 32:7; 140:1,4. Ito ay ginamit sa Diyos sa pag-iingat, pagbabantay, o pagpapanatili sa Deuteronomio 32:10; Awit 25:20; 31:23; 40:11; Isaias 26:3; 42:6; 49:8. Ang bayan ng Diyos ay maaaring magtiwala na Siya ang magkakanlong sa kanila. Ito ay hindi nagpapahiwatig ng isang buhay na walang mga suliranin, ngunit ang tiyak na presensiya ng Diyos at Kaniyang mapagbiyayang kahabagan tungo sa kanilang naghahanap sa Kaniya.

▣ **"sa kaaway"** Ang salita ay PANG-ISAHAN ngunit ginamit sa panlahat na kaunawaan (cf. vv. 2-6).

**64:2** Ang PANDIWA na "ikubli" (BDB 711, KB 771, *Hiphil* DI-GANAP) ay kaagapay ng "ingatan" sa talata 1. Ang salmista ay nakakaramdam ng pagbabanta sa ibang mga kasama sa kasunduan na may lihim na pagtatangka sa kanyang ari-arian.

Pansining ang salmista ay humihiling kay YHWH na ikubli siya ngunit ang masama ay ikunubli ang kanilang lihim na mga plano upang wasakin siya (cf. 64:5).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"pagkakagulo"** |
| **NKJV** | **"paghihimagsik"** |
| **NRSV** | **"pagpapanukala"** |
| **TEV, REB** | **"pagdududmog"** |
| **NJB** | **"pagsasama-sama"** |
| **JPSOA** | **"putong"** |

Ang salitang ugat na ito ay makikita lamang ng tatlong beses sa OT. Ito ay isinaling sa NIV bilang

1. Awit 2:1 – "magsabwatan"
2. Awit 55:15 – "magsiksikan"
3. Awit 64:2 – "maingay na putong"

**64:4 "sakdal"** Ang termino (BDB 1070) ay nagpapakilala isang moral na kawalang-sala, hindi isang taong walang-sala (i.e., hindi nalalaman, sinasadyang kasalanan). Ito ay ginamit sa Job (cf. 1:1,8; 2:3; 8:20; 9:20-22; Awit 37:37). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 18:20-24.

**64:5**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Silang nagpapakatapang sa masamang akala"** |
| **NKJV** | **"silang nagpapasigla ng kanilang sarili sa masamang bagay"** |
| **NRSV** | **"silang tumatangan sa kanilang masamang layunin"** |
| **TEV** | **"silang nagpapalakas sa bawat-isa sa kanilnag maitim na balak"** |
| **NJB** | **"itinataguyod nila ang bawa't-isa sa kanilang masamang plano"** |
| **JPSOA** | **"sila mismo sa mayrong masamang salita"** |
| **REV** | **"kanilang pinapatibay ang kanilang mahalay ng gagawin"** |

Ang NIDOTTE, tomo 2, p. 72, ay tinala ang maraming maaaring mga kahulugan/mga pagkahulugan para sa *Piel* na anyo ng PANDIWA (BDB 304, KB 302).

1. pinanghahawakan
2. sila ay nagpapalakas para sa kanilang mga sarili (i.e., pagtulong sa isa't-isa)
3. sila ay nagpapatibay para sa kanilang mga sarili (i.e., nagpapatunay ng kanilang mga masamang layon)

▣ **"Sinong makakakita"** Ang pariralang ito ay tumutukoy sa

1. lihim na mga plano upang bitagin ang salmista
2. kawalang pananampalataya na nalalaman ng Diyos at kikilos sa kapakanan ng salmista (cf. Job 22:13; Awit 10:11; 59:7; 94:7; Isaias 29:15; Ezekiel 8:12)

**64:6** Sa talata 6, mayroong tatlong mga salita na kabahagi ng Hebreong mga titik, חפש (BDB 344).
1. makakita (NASB, "magbalangkas")
2. mabuting mag-iisip
3. masamang balak

▣ **"pagiisip sa loob ng bawa't isa, at ang puso ay malalim"** Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa mga masamang mga layunin ng mga kaaway ng salmista. BDB ay ipinaliwanag ang "malalim" (BDB 771) bilang "di-masiyasat" (cf. Job 12:22; Ecclesiastes 7:24 [dalawang beses]) o mahiwaga. Ang NJB at ang Anchor Bible isinalin ito upang ilarawan ang kaalaman ni YHWH sa kanilang mga pagkilos. Gayunman, tila ang mga talata 1-6 ay tungkol sa mga gawain ng kaaway at mga talata 7-9 ay tungkol sa pagtungon ni YHWH.

Ang UBS Text Project (pp. 282-284) ay nagpapakita ng ilang mga isyung tekstwal at mga posibilidad sa dalawang talata. Karamihan sa kanila ay may isang "C" na antas (maraming pagduruda).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 64:7-10**

**7 Nguni't pahihilagpusan sila ng Diyos;**
**sila'y masusugatang bigla ng isang palaso.**
**8 Sa gayo'y sila'y matitisod;**
**palibhasa't ang kanilang sariling dila ay laban sa kanila;**
**ang lahat na makakita sa kanila ay mangaguuga ng ulo.**
**9 At lahat ng mga tao ay mangatatakot,**
**at kanilang ipahahayag ang salita ng Diyos,**
**at may karunungang kanilang bubuhayin ang kanilang gawa.**
**10 Ang matuwid ay matutuwa sa PANGINOON, at manganganlong sa kaniya;**
**at lahat ng mga matuwid sa puso ay magsisiluwalhati.**

**64:7** Ito ay isang karaniwang paglalarawan ng pagpaliktad ng tungkulin. Kung ano ang ginawa ng masam sa matuwid (cf. vv. 3-4) ay ngayon ay ginagawa sa kanila.

Ito ay katulad na uri ng paglalarawan na maaaring magpaliwanag ng talata 8. Ang mga nagpaplano ng kasamaan na gumamit ng mga nakapopoot na salita laban sa ang salmista, ngayon ay tangan ang kanilang sariling mga salita na ginamit laban sa kanilang mga sarili.

**64:8 "mangaguuga ng ulo"** Ito ay isang wikain ng pagkagulat at pagtanggi (cf. Awit 22:7; 44:14; Jeremias 18:16; 48:27; Panaghoy 2:15).

**64:9** Pansinin na ang pangkatapusang layunin ng mga pagkilos ni YHWH sa mundo (i.e., pagpapala o kahatulan, cf. Awit 58:11; 65:8) ay para sa lahat ng tao na makakilala sa Kaniya (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2 Panimula).

Ang talata 9 ay tiyakang hayperboliko at nagpapakilala kung ano ang mangyayari sa kanilang nasa Israel ngunit, tulad ng napakaraming mga talata, ito ay nagpapahayag ng isang mas malaking katotohanan (cf. Awit 46:10).

**64:10** Ang talatang ito ay isang natatanging pangwakas na pahayag. Kadalasang ang pangwakas na pahayag sa Awit ay
1. isang pagpuri sa Diyos

2. isang pag-aalay ng pasasalamat.

▣ **"ang matuwid"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5.

▣ **"ay matutuwa"** Maaaring mayroong isang paglalaro ng salita sa pagitan ng
1. dinggin, v. 1 – שׁמע (BDB 1033)
2. matutuwa, v. 10 – שׂמח (BDB 970)

Ito ay isang anyo ng *inclusio*.

▣ **"manganganlong"** Tingnan ang tala sa Awit 5:11.

▣ **"magsisiluwalhati"** Ang NRSV ay nakikita ang MGA PANDIWA "matutuwa" (BDB 970, KB 1333) at "magsisiluwalhati" (BDB 237, KB 248) bilang MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Karamihan ng mga saling Ingles ay taglay sila bilang nagpapatuloy na mga pahayag.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit mayroong napakaraming pansarili panaghoy ang nakatala sa Psalmo?
2. Ipaliwanag sa iyong sariling mga salita ang huling linya ng talata 6.
3. Ipaliwanag ang pampanitikan konsepto ng "pagpaliktad," na lubhang karaniwan sa OT.
4. Ang talata 9 ba ay tumukoy sa Israel o ang mundo?

# AWIT 65

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Masaganang Biyaya ng Diyos sa Mundo at Tao<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit. Isang Awit ni David. Isang Awit | Papuri sa Diyos sa Kaniyang Kaligtasan at Pangangalaga | Pasasalamat para sa Isang Mabuting Ani | Papuri at Pasasalamat | Pasasalamat na Imno |
| 65:1-4 | 65:1-3 | 65:1-4 | 65:1-4 | 65:1-2a |
| | | | | 65:2b-3 |
| | 65:4 | | | 65:4 |
| 65:5-8 | 65:5-8 | 65:5-8 | 65:5-8 | 65:5 |
| | | | | 65:6-7b |
| | | | | 65:7c-8 |
| 65:9-13 | 65:9-10 | 65:9-13 | 65:9-13 | 65:9a-d |
| | | | | 65:9e-13 |
| | 65:11-13 | | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay may isang pangkalahatang pagkaunawa (cf. vv. 2,5,8) sapagkat ito ay tumutukoy sa Diyos ng paglalang.

B. Ang layunin ng Diyos para sa planetang ito ay kasaganahan at kalusugan (cf. Genesis 1-2; Levitico 26; Deuteronomio 28-30), ngunit ang sangkatauhan ay naghimagsik (cf. Genesis 3) at nagpapatuloy sa paghihimagsik (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27), na may mga kahihinatnan sa kapwa espirituwal at pisikal (cf. taga-Roma 8:18-25).

C. Ang Awit na ito ay nagpapaalala sa atin ng orihinal na mga layunin ng kasaganahan (cf. vv. 9-13), na ngayon ay pag-asa para sa bagong panahon ng pagpapanumbalik (cf. Joel 4:18; Amos 9:13). Ang bagong panahong ito ay pagpapalain ang buong lupa!

D. Pansinin na walang MGA PAUTOS (tanging isang PANGPANGKAT, v. 4). Ang Awit na ito ay hindi isang kahilingan sa panalangin ngunit isang pagpapatibay ng mga pagkilos ng Diyos sa biyaya at pagtutustos. Siya ay naghahanap ng mga magsisisamba mula sa lahat ng lupa!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 65:1-4**

**1 Ang katahimikan ay nasa iyong harapan, Oh Diyos, sa Sion,**
**at sa iyo'y maisasagawa ang panata.**
**2 Oh ikaw na dumidinig ng dalangin,**
**sa iyo'y paroroon ang lahat ng laman.**
**3 Mga kasamaan ay nangananaig laban sa akin;**
**tungkol sa aming pagsalangsang, ay lilinisin mo.**
**4 Mapalad ang tao na iyong pinipili, at pinalalapit mo sa iyo**
**upang siya'y makatahan sa iyong mga looban.**
**kami ay mangasisiyahan sa kabutihan ng iyong bahay,**
**ng iyong banal na templo.**

**65:1** Mayroong tanging isang PANDIWA (BDB 1022, KB 1532, *Pual* DI-GANAP) sa v. 1. Ito ay tila maiuugnay sa maraming mga bagay.

1. manahimik sa harapan Mo (cf. Awit 62:1,5)
2. pagpuri sa Sion
3. mga panatang naisakatuparan (Pag-aalay na Pasasalamat)

Ito ay ay maliwanag na isang kalalagayang pagsamba sa templo (cf. v. 4).

Pansinin sa ibaba na ang #1 at #2 ay maaaring isang bagay. Kung magkaganon, ito ang pananagutan ng sangkatauhan sa pagpuri sa Diyos at tuparin ang kanyang mga panata.

▣

**NASB "katahimikan ay nasa iyong harapan"**
**NKJV "kapurihan ay naghihintay sa iyo"**
**NRSV "ang pagpuri ay karapat-dapat sa iyo"**
**NJB "ang pagpuri ay nararapat sa iyo"**
**JPSOA "akma ang pagpuri sa iyo"**
**REB "ito ay nararapat na magibigay papuri sa iyo"**
**LXX "nararapat sa iyo ang isang imno"**

Ang MT ay may "katahimikan" (BDB 189, דמיה) ngunit ang UBS Text Project ay binibigyan ang katulad na mga katinig na may iba't-ibang mga patinig (i.e., "naaangkop") na isang "B" na antas (ilang pagduruda). Karamihan ng mga Ingles na salin ay sumasang-ayon dito. Sinusundan nito ang LXX, Peshitta, at Vulgatong mga salin. Gayunman, "ang katahimikan" ay maaaring mangahulugan ng isang kaunawaan ng pagkakasala sa harapan ng Diyos (cf. Awit 39:2) at isang umaasang naghihintay sa Kaniya (cf. Awit 62:1).

▣ **"Sion"** Tingnan ang mga tala sa Awit 2:6; 9:11; 20:2.

**65:2** Ang Diyos ng paglalang ay ipinapakilala bilang
1. Siya na dumidinig – BDB 1033, KB 1570, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI. Ang mga diyus-diyosan ay hindi nakakakita, nakakadinig o kumikilos.
2. Siya na kung saan ang lahat ng laman (BDB 142) lumalapit (BDB 97, KB 112, *Qal* DI-GANAP). Mayroong isang pag-iigting/pag-iiba sa pagitan ng
   a. lahat ng laman – vv. 2,5,8; Awit 64:9; 66:1,4,8; 67:3-5; 86:9; 145:21; Isaias 66:23; Joel 2:28; Zacarias 14:17
   b. ang kasunduang bayan – vv. 3-4 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2 Panimula.); ang OT na mga tao ng Diyos ay naging lahat na sumasampalataya (cf. taga-Roma 2:28-29; taga-Efeso 2:11-3:13)

Ang isa ay nag-iisip kung ang "lahat ng laman na pumaroon" ay tumutukoy sa
1. bilang kasama sa mga tao ng Diyos (i.e., kaligtasan sa pamamagitan ng kapatawaran)
2. bilang pinagpapahayagan ng Diyos ng kahatulan at tinanganang may pananagutan

**65:3** Ang Diyos ng paglalang ay nagpapatawad (i.e., nagtatakip, BDB 497, KB 493, *Piel* DI-GANAP, cf. Awit 78:38; 79:9; Ang AB ay nakikita ito bilang isang DI-GANAP na ginamit bilang isang PAUTOS [p. 110]).
1. mga katampalasan (BDB 730)
2. mga pagsasalansang (BDB 833)

Ang PANG-UKOL na "atin" sa NASB ay nagpapahiwatig ng Israel (cf. v. 4). Pansinin kung paanong ang kapatawaran ay iugnay sa katuparan ng pangkasunduang pangako. Ang pagsunod ay napakahalaga (cf. Levitico 26; Deuteronomio 11:13-17; chapters 28-30). Kapag nabigo ang pagsunod, ang tanging pag-asa ay ang kahabagan ng Diyos!

**NATATANGING PAKSA: MGA SALITA PARA SA KAPATAWARAN**

Dito ay ang mga Hebreong salita o wikain na nagpapahayag ng maka-Diyos na kapatawaran ng pantaong kasalanan at paghihimagsik.
1. "patawarin," "pawalang-sala," חלם – BDB 699, KB 757, i.e., Exodo 34:9; Levitico 4:20, 26, 31, 35; 5:10,13,16, 18; 6:7; 19:22; Bilang 14:20; 15:25-28; 30:5,8,12; 1 Mga Hari 8:30, 34, 36, 39, 50; Awit 25:11; 103:3; Isaias 55:7; Daniel 9:19; Amos 7:2 (ang terminong ito ay palaging ginagamit sa Diyos, hindi kailanman sa mga tao)
2. "alisin," "tanggalin," נשׂא (napakakaraniwang PANDIWA na mayroong maraming mga kahulugan) – BDB 669, KB 724, i.e., Exodo 23:21; 32:32; 34:7; Bilang 14:18; Joshue 24:19; Awit 25:18; 32:1,5; 85:2; 99:8; Mikas 7:18
3. "takpan," "bayaran," כפר – BDB 497, KB 493, i.e., lubhang karaniwan sa Levitico; Awit 65:3; 78:38; 79:9; Isaias 6:7; 22:14; Jeremias 18:23; Ezekiel 16:63; Daniel 9:24
4. "tanggalin," "alisin," מחה – BDB 562, KB 567, i.e., Nehemiah 4:5; Awit 51:1,9; Isaias 43:25; 44:22; Jeremias 18:23
5. "pagalingin," רפא – BDB 950, KB 1272, i.e., 2 Cronica 7:14; Awit 41:4; 103:3; Isaias 6:10; 57:18; Jeremias 3:22; 17:14; 30:17; Osea 5:13; 14:4
6. "palampasin," עבר – BDB 716, KB 778, i.e., Kawikaan 19:11; Amos 7:8; 8:2; Mikas 7:18
7. "hugasan," כבס – BDB 460, KB 459, i.e., Awit 51:2,7; Jeremias 2:22; 4:14
8. "linisin," טהר – BDB 372, KB 369, i.e., Levitico 16:30; Awit 51:7; Kawikaan 20:9; Ezekiel 24:13; 36:25

9. “itapon sa likuran,” שׁלך – BDB 1020, KB 1527, i.e., Isaias 38:17; Mikas 7:19
10. “linisin,” טאה – BDB 306, KB 305, i.e., Awit 51:7 (ang pakahulugang ng maka-Diyos na paglilinis na ito ng karaniwang PANDIWA, ay matatagpuan lamang dito)
11. “ikubli ang Iyong mukha sa,” סתר – BDB 711, KB 771, i.e., Awit 51:9
12. “tandaan” (kabaliktaran), זכר – BDB 269, KB 269, i.e., Isaias 43:25
13. “yayapakan” (sa literal ay “lulupigin”), כבשׁ – BDB 461, KB 460, i.e., Mikas 7:19

**65:4 “Mapalad”** Tingnan ang tala sa Awit 1:1.

▣ **“ang tao na iyong pinipili”** Ito ay tumutukoy sa panawagan ng Diyos sa mga Patriyarka at kanilang mga supling (i.e., Israel, cf. Deuteronomio 4:37; Awit 33:12). Ang kataka-takang bagay ay tila ang eleksyon (o pagpili) ay kumilos mula sa Israel lamang patungo sa lahat ng mga tao (cf. vv. 2,5,8). Ito ay nagpapakilala ng Genesis 3:15, na isang maka-Diyos na pangako ng tagumpay para sa lahat ng mga tao na nananampalataya at tumanggap (tingnan ang Natatanging Paksa sa Panimuwal ng Awit 2).

▣ **“kami ay mangasisiyahan sa kabutihan ng iyong bahay”** Ang PANDIWA (BDB 959, KB 1302, *Qal* PANGPANGKAT) ay nagpapakilala isang may lubusang may kapuspusan ng kabutihan (BDB 375). Ang talatang ito ay tumutukoy hindi lamang sa pisikal na kasaganahan (cf. 65:9-13) ngunit sa pagiging malapit sa Diyos! Pinupuspos Niya tayo sa Kaniyang sarili!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 65:5-8**

**5 Sasagutin mo kami sa katuwiran sa pamamagitan ng mga kakilakilabot na bagay,**
**Oh Diyos ng aming kaligtasan,**
**ikaw na katiwalaan ng lahat na wakas ng lupa, at nila na malayo sa dagat;**
**6 Na naglalagay na matibay ng mga bundok sa pamamagitan ng kaniyang kalakasan,**
**palibhasa't nabibigkisan sa palibot ng kapangyarihan;**
**7 Na nagpapatigil ng hugong ng mga dagat,**
**ng hugong ng kanilang mga alon,**
**at ng kaingay ng mga bayan.**
**8 Sila naman na nagsisitahan sa mga pinakadulong bahagi**
**ay nangatatakot sa iyong mga tanda;**
**ikaw ang nagbibigay galak sa pagbubukang liwayway at pagtatakip-silim.**

**65:5-8** Ang istropang ito ay naglalarawan ng dalawang iba’t-ibang mga pangyayari.
1. ang paglalang, vv. 6,7,8b
2. kaligtasan, vv. 5,7c, 8a

Ang layunin ng paglalang ay isang lugar para sa sangkatauhan na nilikha sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27) na makasama ang Diyos (cf. Genesis 3:8). Pagkatapos ng Genesis 3, ang layuning ito ay naging tunguhin ng Diyos sa kaligtasan at pagpapanumbalik para sa lahat ng mga anak ni Adan at Eba (cf. Genesis 3:15).

Kapwa ang “bundok” sa talata 6 at “pag-ingay” sa talata 7 ay maaaring tumukoy sa mga tao, hindi sa paglalang (cf. Jeremias 51:25). Kung gayon, ito ay kaagapay na Deuteronomio 32:8.

Pansinin na ang talata 5 ay binanggit na ang Diyos ay sumasagot ngunit walang panalangin ang tiyakang nabanggit. Maliwanag na ito ay isang panalangin ng pagpapalaya mula sa
1. personal at pambansang kasalanan
2. pambansang mga kaaway (i.e., Ehipto, Assyria, Babilonya, cf. Awit 2:1-3)
3. maaaring ang kaguluhan ng paglalang mismo (v. 7)

**65:5**
**NASB,**
**NKJV,**
**NRSV “kakilakilabot na bagay”**
**TEV “mga magagandang bagay”**
**NJB “mga kababalaghan”**

Ang terminong ito (BDB 431 sa *Niphal*) ay ginamit sa mga gawa ng Diyos.

1. mga gawa ng pagpapalaya sa mga Israelita mula sa Ehipto – Exodo 34:10; Deuteronomio 10:21; Awit 66:3,5; 106:22
2. si YHWH sa Kaniyang sarili – Awit 47:2; 68:35; 76:7; 145:4-7
3. pangalan ni YHWH – Deuteronomio 28:58; Awit 99:3; 111:9; Malakias 1:14
4. mas panlahat (i.e., pang-abay) – Awit 66:5; 139:14

▣ **“ikaw na katiwalaan ng lahat na wakas ng lupa, at nila na malayo sa dagat”** Anong isang makapangyarihang, napapabilang na pahayag. Ito ay ang lohikong karugtong ng “monoteismo” (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:7).

▣
**NASB, TEV,**
**JPSOA “katiwalaan”**
**NKJV “pananalig”**
**NRSV, NJB “pag-asa”**

Ang PANGNGALAN na ito (BDB 105) ay binigyang kahulugan ng BDB bilang “ang layon ng pagtitiwala” (cf. Job 8:14; Awit 40:4; 71:5; Jeremias 3:37), na sa talatang ito, ay si YHWH, hindi ang bulaang mga diyos ng mga bansa (cf. “ang ingay ng mga tao,” 7c, cf. Awit 2).

▣ **“lahat na wakas ng lupa”** Anong isang kahanga-hangang inuulit na parirala, lalo na sa Awit at Isaias. Ang pariralang ito ay maaaring maitala sa pamamagitan ng dalawang MGA PANG-UKOL, “sa”. . .“mula sa.”

1. “sa” – persona at mga gawain ni YHWH
   a. kukunin – Deuteronomio 30:4
   b. hahatol – 1 Samuel 2:10 (cf. Awit 82:8; 96:13; 98:9)
   c. pangalan at pagpuri – Awit 48:10 (cf. Isaias 42:10; Malakias 1:11)
   d. mga utos – Awit 59:13
   e. pag-asa – Awit 65:6
   f. pagkatakot/pagkamangha – Awit 67:7 (cf. Awit 33:8)
   g. Kataas-taasan – Awit 83:18; 97:9
   h. kaligtasan – Awit 98:3 (turn sa PANGINOON, cf. Awit 22:27); Isaias 49:6; 52:10; 62:11
   i. Manlilikha – Isaias 40:28
   j. manunubos – Isaias 48:20
   k. pamumuno ng Mesias – Awit 2:7; Mikas 5:4
2. “mula sa” – ang mundo lumalapit sa Kaniya
   a. ang mga wakas ng lupa ay magugunita at babaling sa PANGINOON – Awit 22:27
   b. ang mga wakas ng lupa, tayo ay makaririnig ng awit, “Luwathati sa Isang Matuwid” – Isaias 24:16
   c. maligtas, ang lahat ng mga wakas ng lupa – Isaias 45:22-23
   d. lahat ng lupa na lumalapit sa Kaniya sa Sion – Isaias 2:2-5; 60:3; 66:18,23; Jeremias 16:19

**65:7** Ang talatang ito ay maaaring tumukoy sa

1. paglalang (i.e., ang pagkatalo ng kaguluhan)
2. sagupaan sa pagsamba sa diyus-diyosan (cf. Awit 2; Isaias 17:12)

**65:8 "nangatatakot"** Katulad na salitang-ugat sa talata 5, "kakilakilabot na *mga gawa*."

▣ **"sa iyong mga tanda"** Ito ay tumutukoy sa mga gawa of katubusan ng Diyos para sa Kaniyang mga tao (i.e., panawagan at pagkalinga sa mga Patriyarka, ang exodo at mga paglalagalag sa ilang, ang pananakop, atbp.).

▣ Ang huling linya of talata 8 ay maaaring tumukoy sa
1. ang paglalang (i.e., gabi at umaga)
2. mga bituing kumikislap (AB)
3. silangang at kanluran bilang isang napapabilang ng heograpikong talinghaga (NET Bible)
4. ang luwalhati ng araw at gabi (Tyndale Commentaries)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 65:9-13**
**9 Iyong dinadalaw ang lupa, at dinidilig mo;**
**iyong pinayayamang mainam;**
**ang ilog ng Diyos ay puno ng tubig;**
**iyong pinagtataanan sila ng trigo, pagka't inihanda mo ang lupa.**
**10 Iyong dinidilig ang kaniyang bungkal ng sagana,**
**iyong pinapantay ang kaniyang mga bungkal,**
**iyong mga pinalalambot ng ambon,**
**iyong pinagpapala ang pagsibol niyaon.**
**11 Iyong dinudulutan ang taon ng iyong kabutihan,**
**at ang iyong mga landas ay pumapatak ng katabaan.**
**12 Nagsisipatak sa mga pastulan sa ilang**
**at ang mga burol ay nabibigkisan ng kagalakan.**
**13 Ang mga pastulan ay nangabihisan ng mga kawan**
**ang mga libis naman ay nangatatakpan ng trigo;**
**sila'y magsisihiyaw sa kagalakan, sila naman ay nagsisiawit.**

**65:9-13** Ito ay ang pisikal na kasaganahan na dadalhin ng pangkasunduan pagsunod (cf. Levitico 26; Deuteronomio 11:13- 17; chapter 28). Ang kasaganahan ay paraan ni YHWH upang magdulot sa mundo na lumapit sa Kaniya dahil ng Kaniyang
1. pag-ibig
2. pagkalinga
3. pagtustos

para sa Israel. Pinili Niya ang Israel upang piliin ang lahat! Ngunit ang Israel ay hindi naging masunurin (cf. Ezekiel 36:22-23).

Pansinin ang bilang ng "Iyo" sa mga Ingles na salin ng vv. 9-11 (i.e., siyam). Ang nilikha ay tumutugod sa Manlilikha nito na may kasaganahan!

**65:9 "Iyong dinadalaw ang lupa"** Ito ay isang wikain ng personal na presensiya ni YHWH. Sa isang kaunawaan, Siya ay palaging nasa mundo. Ngunit ang paglalarawang ito ay nagsasabi ng isang natatanging darating alinman para sa kahatulan o pagpapala. Dito ito ay masaganang pang-agrikulturang pagpapala na ginawang posible ng masaganang tubig.

▣ **"dinidilig"** Ang PANDIWA na ito (BDB 1003, KB 1448, *Polel* DI-GANAP) ay makikita ng tatlong

beses, dito, kung saan ito ay kadalasag isinalin na "maging masagana," at Joel 2:24; 3:13, kung saan ito ay isinaling "umaapaw."

▣ **"ang ilog ng Diyos"** Ang pariralang ito ay maaaring mangahulugan ng
1. paglalarawan ng isang buong lagusan ng tubig
2. ulan mula sa langit (cf. Awit 78:23; Malakias 3:10)
3. isang eskatolohikong pagkabanggit sa ilog na dumadaloy mula sa luklukan ng Diyos (cf. Awit 46:4; Ezekiel 47:1; Pahayag 22:1)

**65:11**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"at ang iyong mga landas ay pumapatak ng katabaan"** |
| **NRSV** | **"ang iyong bagon ay tumutungo sa nag-uumapaw na kayamanan"** |
| **TEV** | **"saan ka man magtungo ay sagana"** |
| **NJB** | **"ang kayamanan ay kumakalat sa iyong daan"** |
| **JPSOA** | **"ang katabaan ay dinadalisay sa iyong landas"** |

Ang MT ay may "at ang mga daan ng Iyong karro ay dumadaloy ang katabaan." Ito ay paglalarawan ng pagsakay ni YHWH sa mga kulog ng ulap na nagdadala ng ulan (cf. Awit 18:7-15). Ito ay ANE, o lalo na ang Cananeo, paglalarawan kay *Ba'al*, ang diyos ng unos (i.e., pagpapayabong).

**65:12-13** Ang pinagpalang mga pisikal na dako (i.e., mga pastulan, mga burol, mga parang, mga lambak) ay nagbibigay-katauhan at sumisigaw para sa kaligayahan (BDB 929, KB 1206, *Hithpoel* DI-GANAP) at umaawit (BDB 1010, KB 1479, *Qal* DI-GANAP). Ang pagpuri ng mga walang-buhay na mga bagay ay nagpapaalala sa aking ng mga salita ni Hesus tungkol sa mga bato sa Lucas 19:40. One day lahat ng nilalang (nabubuhay at walang buhay) ay aawit sa kaligayahan sa kaniyang Manlilikha (cf. Awit 103:20-22; 145:10; taga-Roma 8:18-25)!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ay ang pinakamainam na haka tungkol sa layon ng panata ng salmista sa talata 1?
2. Paano maiuugnay ang paglalang at "ang mga waka ng lupa"?
3. Ipaliwanag ang teolohikong kahalagahan ng talata 3.
4. Paano maiaagapay ang "mga bundok" at "mga ingay ng mga tao"?
5. Ang mgga talata 9-13 ay naglalarawan ba ng isang taunang pangyayari o isang eskatolohikong pangyayari?
6. Paano maititimbang ang mga talata 2, 5, at 8 sa talata 4?

# AWIT 66

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Papuri para sa Nakapangyayaring mga Gawa ng Diyos at Kanyang Sagot sa Panalangin<br><u>Panimula sa MT</u><br>Para sa punong mang-aawit. Isang Awit. Isang Salmo | Papuri sa Diyos para sa Kaniyang Kahanga-kangang mga gawa | Liturhiya ng Papuri at Pasasalamat | Isang Awit ng Papuri at Pasasalamat | Panglahatang Panalangin ng Pasasalamat |
| 66:1-4 | 66:1-4 | 66:1-4 | 66:1-4 | 66:1-3a |
| | | | | 66:3b-4 |
| 66:5-7 | 66:5-7 | 66:5-7 | 66:5-9 | 66:5-6b |
| | | | | 66:6c-7 |
| 66:8-15 | 66:8-12 | 66:8-12 | | 66:8-9 |
| | | | 66:10-12 | 66:10-12 |
| | 66:13-15 | 66:13-15 | 66:13-15 | 66:13-14 |
| | | | | 66:15 |
| 66:16-20 | 66:16-19 | 66:16-19 | 66:16-19 | 66:16-19 |
| | 66:20 | 66:20 | 66:20 | 66:20 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Si Derek Kidner, sa kalipunan ng *Tyndale Old Testament Commentary* (p. 251) ay pinamagatan ang Awit na ito na, "Ang Diyos ng Lahat. . .ng Marami. . .ng Isa." Ito ay tila isang kahanga-hangang paraan ng pagsalo ng diwa ng Awit na ito. Ito ay nagsimula sa isang pangkalahatang pagbibigay-diin at kumilos sa pagpuri ng Israel at sa huli ay pagpaparangal ng isang mananamba.

B. Ang Awit na ito ay lubhang katulad ng mga kalapit nito, ang Awit 65 at 67. Silang lahat ay nagsasalita ng pangkalahatang pag-ibig Diyos para sa lahat ng mga tao. Sa paraang ito, sila ay lubhang katulad sa mga propeta Isaias at Jonas.

C. Ang pangkasaysayang kalalagayan ng Awit na ito ay walang katiyakan. Ito ay totoo na ang Arabeng salin ay nagsasabing "isang Awit ni David," ngunit ito ay tila na ang Awit na ito ay mas umaakma sa buhay ni Hezekiah. Mayroong isang pambansang sakuna at isang personal na krisis. Ito ay tila ang pagsakop ng Assyria sa ilalim ni Sennacherib sa pagkubkob ng Herusalem at ang karamdaman ni Hezekiah na maaaring humantong sa kaniyang kamatayan maliban sa kaniyang pananalangin namamagita sa Diyos na umaakmang mainam sa Awit na ito.

D. Ang walong MGA PAUTOS sa Awit na ito ay hindi panalangin sa Diyos ngunit mga tagubilin sa
   1. lahat ng mga tao ng mundo (cf. vv. 1,4,8)
   2. lahat ng natatakot/namamangha/gumagalang sa Diyos (cf. v. 16)

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 66:1-4**

**1Magkaingay kayong may kagalakan sa Diyos, buong lupa;**
**2Awitin ninyo ang kaluwalhatian ng kaniyang pangalan;**
**paluwalhatiin ninyo ang pagpuri sa kaniya.**
**3Inyong sabihin sa Diyos, napaka kakilakilabot ng iyong mga gawa!**
**Sa kadakilaan ng iyong kapangyarihan**
**ay magsisuko ang iyong mga kaaway sa iyo.**
**4Buong lupa ay sasamba sa iyo,**
**at sila'y magsisiawit sa iyo;**
**sila'y magsisiawit sa iyong pangalan." Selah.**

**66:1 "magkaingay"** Ang *Hiphil* PAUTOS ay PANGMARAMIHAN at talata 1 ay katulad sa Awit 100 at nagpapaalala sa aking ng magandang mang-aawit ng Pahayag 7:9. Pansinin ang PANGMARAMIHAN na nagsasalita sa lahat ng lupa ay umiingay ng may kagalakan sa Diyos (cf. vv. 1,4,8; Awit 65:2,5,8; 67:17).

Pansinin ang Awit na ito ay isinasama ang pangkalahatang pangalan para sa Diyos, *Elohim* (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1), at hindi ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos, YHWH. Ito ay lahat ng lupa na dapat tumugon (cf. Awit 67); ang pagpuri ng Israel ay hindi sapat (cf. Awit 103:19-22; 145:21; 150:6). Kung ito ay totoo, mayroon lamang isang Diyos at Siya ang naglalang ng buong mundo at nilikha ang tao sa Kaniyang larawan (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7), ngayon, ito ay maliwanag na katotohanan na ninanais Niyang ang lahat ng mga tao na lumapit upang makilala Siya. Ang Israel ay dapat na tanging isang kaharian ng mga saserdote na magdadala ng mundo sa Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng

Katubusan ni YHWH sa Awit 2 Panimula).

**66:2 "Awitin ninyo ang kaluwalhatian ng kaniyang pangalan"** Ang kaisipan o ang konsepto ng pag-awit sa pagsamba na maaaring maitala mula sa mga talatang tulad ng ito ay ang Salmo. Ito ay nakakawili sa taga-Efeso 5:19, kung saan ito ay nagsasalaysay ng pagkapuspos ng Espiritu, na ang tatlo sa limang sumusunod na MGA PANDIWARI ay nagsasalaysay ng awitin. Papuri ay isang nararapat na gawain sa pagsamba sa ating Diyos.

Ang terminong "pangalan" ay isang paraan sa Hebreo na maipakilala ang katangian ng sinuman. Ito ay maaaring isang kaliguyan ng pagkatakot ng Hebreo na banggitin ang pangalan ng Diyos mismo, at iyan ang dahilan kung bakit ang konsepto ng Kaniyang pangalan lubhang kadalasan na pinapalitan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12).

Ang matatapat na mga tagasunod ay luluwalhatiin ang katangian at pagkilos ni YHWH (cf. Awit 29:2; 79:9, 96:8). Ang "pangalan" ay kumakatawan kay YHWH mismo (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:11-12).

Para sa terminong "kaluwalhatian" tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 19:1.

**66:3 "inyong sabihin sa Diyos"** Ito ay ang ikaapat na PAUTOS ng mga talata 1-3 na tumutuon sa lahat ng mga tao.

1. Magkaingay kayong may kagalakan sa Diyos – BDB 929, KB 1206, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 47:2; 81:2; 98:4,6 (PANGPANGKAT sa Awit 95:1,2)
2. Awitin ninyo ang kaluwalhatian ng kaniyang pangalan – BDB 274, KB 273, *Piel* PAUTOS, cf. Awit 9:11; 30:4; 47:6-7 [lima]; 105:2; 135:3 (PANGPANGKAT sa Awit 18:49; 27:6; 59:16; 71:22; 75:9; 101:1; 104:33; 146:1)
3. paluwalhatiin ninyo ang pagpuri sa kaniya – BDB 962, KB 1321, *Qal* PAUTOS (sa literal ay "ilagay," "itakda," o "lugar"), cf. Isaias 42:12
4. Inyong sabihin sa Diyos – BDB 55, KB 65, *Qal* PAUTOS

▣ **"napaka kakilakilabot ng iyong mga gawa"** Ang termino ay "kakilakilabot" o "nakakakilabot" (BDB 431, *Niphal* PANDIWARI, cf. Awit 45:4; 65:5). Ang ilang mga tagapagsalin, tulad ng Jerusalem Bible, ay isinalin ito na, "anong nakakasindak na nakapagpasigla sa iyo," ngunit ito ay tila dahil ng talata 5 na hindi nating pinag-uusapan ang katangian ng Diyos, ngunit tungkol sa mga gawa ng Diyos (cf. Exodo 34:10; Deuteronomio 10:21; Awit 65:5; 139:14; 145:6). Ang Diyos ay kumikilos sa kasaysayan (cf. ang Exodo in vv. 5-7). Ang Kaniyang mga gawa ay mga gawa ng pagpapalaya at kapahayagan ng Kaniyang mga layunin (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2 Panimula.).

▣ **"Sa kadakilaan ng iyong kapangyarihan ay magsisuko ang iyong mga kaaway sa iyo"** Ito ay isang pangungusap sa Hebreo na napakahirap isalin. Ito ay maliwanag na ang kapangyarihan ng Diyos ay inilalapit kahit na ang nag-aatubiling pagpuri ng Kaniyang mga kaaway (cf. Awit 18:44). Ang Hebreo ay tila nagpapapahiwatig ng isang "nagkukunwaring pagsunod" (BDB 471, KB 469, *Piel* DI-GANAP). Ang Septuagint man ay isinalin ito na, "isang kasinungalingan." Ang Hebreong salita ay may kahulugan ng isang bagay na lumiit, kayabangan na nabawasan, o kawalan ng katapatan (cf. Awit 81:15). Kung anong kahulugan ang ninanais ay walang katiyakan lamang dito.

**66:4 "Buong lupa ay sasamba sa iyo"** Ito ay tila nagsasaad ng katulad sa mga linya ng taga-Filipos 2:9-11, na isang araw, kapwa magkaibigan at magkaaway, kapwa anak at kaaway, ay kikilalanin si YHWH. Sa araw na ito, ang lahat ay aawit ng mga papuri sa Kaniya (cf. Awit 22:27; 46:10; 65:2,5,8; 67:1-7; 86:9; Zacarias 14:16). Ito ay may mga eskatolohikong kahihinatnan (cf. Mikas 5:2-5a).

▣ **"Selah"** Ang terminong ito (BDB 699) ay makikita rin sa katapusan ng mga talata 7 at 15.

Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 66:5-7**

**5 Kayo ay magsiparito, at tingnan ninyo ang mga gawa ng Diyos,**
**siya'y kakilakilabot sa kaniyang gawain sa mga anak ng mga tao.**
**6 Kaniyang pinagiging tuyong lupa ang dagat;**
**sila'y nagsidaan ng paa sa ilog;**
**doo'y nangagalak kami sa kaniya!**
**7 Siya'y nagpupuno ng kaniyang kapangyarihan magpakailan man;**
**papansinin ng kaniyang mga mata ang mga bansa;**
**huwag mangagpakabunyi ang mga manghihimagsik. Selah.**

**66:5 "magsiparito at tingnan"** Ang dalawang *Qal* MGA PAUTOS ay umaakma sa dalawang *Qal* MGA PAUTOS, "magsiparito at dinggin" ng talata 16. Ang Diyos ay isang Diyos na gumagawa sa kasaysayan, na may piniling mga tao na magtala at magpaliwanag ng Kaniyang mga gawa. Makikilala natin ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang ginawa, gayundin naman sa pamamagitan ng Kaniyang sinabi. Tingnan ang Natatanging Paksa: Inspirasyon sa Awit 19:7-9.

**NATATANGING PAKSA: ILUMINASYON (PAGBIBIGAY LIWANAG)**

"Ang Diyos ay kumilos sa nakalipas upang malinaw na ipahayag ang Kanyang sarili sa sangkatauhan. Sa teolohiya ito ay tinatawag na kapahayagan. Siya ay pumili ng tiyak na mga tao na magtala at magpaliwanag ng sariling-kapahayagang ito. Sa teolohiya ito ay tinatawag na inspirasyon (pagkakasihan). Ipinadala Niya ang Kanyang Espiritu upang tulungan ang mga mambabasa na maunawaan ang Kanyang salita. Sa teolohiya ito ay tinatawag na iluminasyon. Ang suliranin ay lumilitaw kapag tayo ay nagsasabi na ang Espiritu ay sangkot sa pag-uunawa ng salita ng Diyos—kaya bakit mayroong napakaraming mga interpretasyon o pagpapaliwanag nito?

Bahagi ng suliranin ay nakasalalay sa paunang kaunawaan o personal na mga karanansan. Madalas na isang personal na adyenda ang tinatalakay sa pamamagitan ng paggamit sa Bibliya ng patunay na teksto o atomistikong kaugalian. Madalas ang teolohikong parirala ang ipinagpipilitan ng higit sa pagpapahintulot sa Bibliya na magsalita lamang sa ilang mga lugar at ilang piniling mga paraan. Ang iluminasyon ay hindi karaniwang ipinapantay sa inspirasyon bagamat ang Banal na Espiritu ay kasangkot sa bawat isa.

Ang pinakamainam na paglapit na pagtatangka sa pagsasaad ng pangunahing paksa sa isang talataan, ay hindi sa pagpapaliwanag sa bawat detalye ng teksto. Ang pangkasalukuyang kaisipan ay nagdadala ng orihinal na pangunahing katotohanan ng may-akda. Ang pagbabalangkas ng aklat o pampanitikang yunit ay makakatulong sa isa na sundan ang layunin ng orihinal na kinasihang may-akda. Walang tagapagsalin na kinasihan. Hindi natin muling magagawa ang pamamaraan ng pagpapaliwanag ng biblikal na manunulat. Kaya natin at dapat na tangkain na maunawaan kung ano ang kanilang sinasabi noong kanilang panahon at ipabatid ang katotohanang iyon sa ating sariling panahon. May mga bahagi ng Bibliya na may kalabuan o nakatago (hanggang sa tiyak na panahon o kapanahunan). May laging hindi pagkakasundo sa ilang mga teksto at mga paksa ngunit dapat nating malinaw na ilahad ang mga pangunahing katotohanan at hayaan ang kalayaan para sa indibidwal na pagpapaliwanag sa loob ng hangganan ng layunin ng orihinal na may-akda. Ang mga tagapagsalin ay dapat lumakad ng ayon sa liwanag na meron sila, laging bukas sa mas higit na liwanag mula sa Bibliya at sa Espiritu. Ang Diyos ang maghahatol sa atin batay sa antas ng ating kaunawaan at kung paano natin ipinamumuhay ang kaunawaang iyon.

▣ **"siya'y kakilakilabot sa kaniyang gawain"** Dahil sa isang magkaugnay terminong

"kakilakilabot" (BDB 431) na ginamit sa Deuteronomio 4:34 (BDB 432) upang ilarawan ang mga salot ng Ehipto, at dahil sa tila maraming mga pagkabanggit sa paglalagalag sa ilang sa Awit na ito, ang nakakarami ay tinutukoy ang mga gawang sa yugto ng Exodo.

▣ **"sa mga anak ng mga tao"** Ang literal na pariralang ito, "mga anak na lalaki ni Adan," ay nagpapakilala ng pagmamalasakit ng Diyos sa lahat ng mga tao. Ang Genesis 3:15 ay hindi isang pangako sa Israel (na hindi naisakatuparan hanggang sa panawagan ni Abram sa Genesis 12), ngunit sa lahat ng sangkatauhan. Ang Awit 65-67 ay ipinapakilala ang dakilang katotohanan na ito, tulad ng Isaias at Jonas.

**66:6 "Kaniyang pinagiging tuyong lupa ang dagat"** Ito ay maaaring tumukoy sa Exodo, Exodo 14 (cf. Awit 106:9), o sa paghahati ng Ilog Jorda sa Joshue 3 (cf. Joshue 4:23).

**66:7 "Siya'y nagpupuno ng kaniyang kapangyarihan magpakailan man"** Ito ay isang konsepto na ang Diyos ay namamahala at naghahari sa lahat ng Kaniyang mundo, hindi lamang Israel (i.e., Deuteronomio 32:8; Awit 47:7-8; Mga Gawa 17;26; at ang mga bahagi sa mga Pangunahing Propeta ng kahatulan ng Diyos sa mga bansa).

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5.

▣ **"papansinin ng kaniyang mga mata ang mga bansa"** Dahil ito ay tila binibigyang-buhay ang mga bansa, marami ang nag-iisip na ito ay tumutukoy sa konsepto ng pambansang mga anghel (cf. ang saling Septuagint ng Deuteronomio 32:8). Ito rin ay maaring mapatunayan ng kaisipan ng kanilang paghihimagsik, gaya ng sa talata 7c, at maaaring gayundin na "umaalalay ng ating kaluluwa" sa talata 9 ay isang pangmaramihan sanggunian sa Israel. Sa yugto sa pagitan ng OT at NT, ang konseho ng langit ay binubuo ng mga anghel ng mga bansa. Sa Hebreong panitikan sila ay tila kaaway ng Israel at tanging sa pag-ibig lamang ng Diyos para sa Israel kaya siya naiingatan mula sa pagkawasak. Tingnan ang Appendix XIII at XIV ng *The Life and Times of Jesus the Messiah* ni Alfred Edersheim.

▣ **"huwag mangagpakabunyi ang mga manghihimagsik"** Ang MT ay may *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, ngunit ang mga Masoretikong Iskolar ay nagmumungkahi sa gilid na dapat basahin (*Qere*) bilang isang *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Ang Anchor Bible ay isinalin pariralang ito bilang, "upang hindi maghimagsik ang mga rebelde laban sa Kaniya." Ang Revised Standard Version ay isinalin ang pariralang ito bilang, "ang mapanghimagsik ay hindi makakalaban sa Kaniya." Ito ay lubhang katulad ng Awit 2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 66:8-15**

**8 Oh purihin ninyo ang ating Diyos, ninyong mga bayan,**
**at iparinig ninyo ang tinig ng kaniyang kapurihan,**
**9 Na umaalalay sa ating kaluluwa sa buhay**
**at hindi tumitiis na makilos ang ating mga paa.**
**10 Sapagka't ikaw, Oh Diyos, tinikman mo kami;**
**Iyong sinubok kami na para ng pagsubok sa pilak.**
**11 Iyong isinuot kami sa silo;**
**ikaw ay naglagay ng mainam na pasan sa aming mga balakang.**
**12 Iyong pinasakay ang mga tao sa aming mga ulo;**
**kami ay nangagdaan sa apoy at sa tubig,**

**nguni't dinala mo kami sa saganang dako.**
[13]**Ako'y papasok sa iyong bahay na may mga handog na susunugin;**
**aking babayaran sa iyo ang mga panata ko,**
[14]**Na sinambit ng aking mga labi**
**at sinalita ng aking bibig, nang ako'y nasa kadalamhatian.**
[15]**Ako'y maghahandog sa iyo ng mga matabang handog na susunugin,**
**na may haing mga tupa;**
**ako'y maghahandog ng mga toro na kasama ng mga kambing. Selah.**

**66:8-15** Ang istropang ito ay tumutukoy sa pakikitungo ni YHWH sa mapanghimagsik na Israel. Siya ay hinatulan Niya, upang ipanumbalik siya. Ang lahat ng mga tao ay dapat magalak dahil ang pangkatubusang mga layunin ni YHWH sa pamamagitan ng Israel sa lahat ng mga bansa ay nananatiling buhay (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2 Panimula).

**66:9 "Na umaalalay sa ating kaluluwa sa buhay"** Ito ay maaaring (1) isang pangkasaysayang sanggunian kay Hezekiah nang siya ay malapit nang mamatay dahil sa pigsa at nanalangin sa Diyos na maawa sa kaniya. Sa pamamagitan ni Isaias siya ay pinagkaloob pa ng sampung taong buhay (cf. 2 Mga Hari 20). O (2) isang sanggunian sa pambansang buhay ng Israel habang siya ay sinasakop ng paulit-ulit ng mga kaaway mula sa Fertile Crescent. Kung anuman ang tiyak na pagkabanggit nito, ito ay maliwanag na ang bawat-sandaling pagkalinga ng Diyos para sa matapat na mga tagasunod ay ang diwa ng ating kaloob na buhay. At ang Diyos ay ang tanging nagtataglay ng buhay at ipinagkakaloob Niya ito sa kanilang nagtitiwala sa Kaniya (i.e., Awit 65:5).

▣ **"at hindi tumitiis na makilos ang ating mga paa"** Ang Hebreo na terminong "makilos" (sa literal ay "suray-suray," "mayanig," o "madulas," BDB 557) ay maaaring gamitin sa

1. pagdadala ng isang bagay sa isang tikin o poste (cf. Bilang 4:10,12; 13:23)
2. isang pamatok ng isang binlanggo na nakapaikot sa leeg (cf. Nahum 1:13)
3. dito, ito ay paglalarawan ng katiwasayan. Ang paa ng isa ay hindi madudulas sa landas ng pananampalataya (cf. Awit 55:22; 121:3; PANDIWA in Awit 15:5; 112:6).

Ang pariralang ito ay eksaktong kabaliktaran sa kahuluga ng Hebreong salita para sa "pananampalataya" (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1), na sa orihinal ay nangangahulugang "isang matatag na tindig" (cf. Awit 17:5; 38:16; 121:3).

**66:10 "Sapagka't ikaw, Oh Diyos, tinikman mo kami"** Ito ay ang konsepto ng pagsusuri na nagmula sa industriya ng pagpoproseso ng bakal (cf. v. 10b). Ang Diyos ay sinusuri ang Kaniyang mga anak (cf. Genesis 22:1; Mateo 4:1). Ginagawa Niya ito upang dalisayin tayo, upang linisin tayo, at upang gawin tayong mas malakas (cf. Zacarias 13:9; 1 Pedro 1:7). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 11:4b-5.

**66:11 "Iyong isinuot kami sa silo"** Pansinin ang bilang ng beses na makikita ang "Iyo" sa mga talata 10-12 (cf. Awit 65:9-11). Ang salmista ay sinasaysay ang mga gawa ng kahatulan ni YHWH na inuukol na magbubunga ng pagsisisi ng Kaniyang mga tao upang sa gayon ay pagpalain Niya sila (cf. v. 12c).

Ang "silo" (BDB 845) ay nanggaling sa isang salitang-ugat na nangangahulugang "mangaso" (BDB 844 II, cf. Ezekiel 13:21) at kadalasang ginagamit sa isang patibong ng hayop (cf. Ezekiel 12:13; 17:20). Ang terminong ito ay ginamit sa Habakkuk 1:15-17 upang ilarawan ang panghukbong makina ng mga taga-Babilonya. Samakatuwid, ito ay maaaring isang sanggunian sa pagsakop sa lupain ng Israel.

Isa pang paggamit ng terminong ito ay ang kaisipan ng "tanggulan" (BDB 845 II, cf. Awit 31:3; 71:3; 91:2; 144:2). Ipinababatid nito ang isang lubusang naiibang kahuluga kapag isinalin sa talata 11.

▣ **"ikaw ay naglagay ng mainam na pasan sa aming mga balakang"** Ang termino para sa "pasan" (BDB 734, KB 558, matatagpuan lamang dito OT) ay lalong isang pagsaway kaysa isang kaisipan ng bigat. Binibigyang kahulugan ito ng BDB bilang "pagpiga" o "pagkabalisa." Ang mga balakang ay ang pinakamalakas na kalamnan ng katawan ng tao at kadalasang ginagamit bilang isang talinghaga para sa isang kapangyarihan ng tao (cf. Deuteronomio 33:11).

**66:12 "Iyong pinasakay ang mga tao sa aming mga ulo"** Ito ay isang patalinghagang paglalarawan ng pamamahal ng kasamaan ng mga tao (i.e., ang mga paganong bansa) sa mga tao ng Diyos (cf. Isaias 51:23).

▣ **"kami ay nangagdaan sa apoy at sa tubig"** Amg kapwa mga talinghagang ito ay nagsasalita ng mga mahihirap na pagsubok. Tingnan ang magandang pahayag sa Isaias 43:2 na ang Diyos ay hindi tayo iiwan sa ginta ng ating mga pagsubok.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sa saganang dako"** |
| **NKJV** | **"sa mayamang katuparan"** |
| **NRSV** | **"sa isang maluwang na lugar"** |
| **TEV** | **"sa isang ligtas na lugar"** |
| **NJB** | **"upang makahingang muli"** |
| **JPSOA** | **"sa kasaganahan"** |
| **REB** | **"sa isang lugar ng kasaganahan"** |
| **LXX** | **"magpaalala" o "magpalamig"** |

Ang terminong ito (BDB 924, KB 1201) ay napakahirap na isalin. Ang payak na kahulugan ay ibabad. Ito ay ang katulad na termino na ginamit sa Awit 23:5 para sa "sarong inaapawan." Ito ay isinalin minsan sa "isang malapad na lugar" (cf. Awit 18:19; 31:8; 118:5), na nangangahulugang isang lugar ng kapahingahan, o "isang mabungang lugar," na tumutukoy sa Ipinangakong Lupain. Silang nagsalin na isinama ang salitang "kapahingahan" dito ay binatay sa isang pagbabago ng isang Hebreong titik sa salitang ito (tingnan ang NET Bible, p. 931, #7).

Ang UBS Text Project (p. 287) ay binibigyan ang "ibabad" ng isang "B" na antas (ilang pagduruda) at binanggit na ito ay may dalawang mga kahulugan.

1. kasaganahan
2. kapahingahan o malayang paghinga

**66:13-15** Ito ay kung saan ang may-akda (cf. v. 16b, o Israel sa isang panlahat na kaunawaan) ay dumating sa paghahadog ng isang pag-aalay pasasalamat at pagbibigay ng panata (cf. Bilang 30:2; Deuteronomio 23:21-23).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 66:16-20**

**16 Kayo'y magsiparito at dinggin ninyo, ninyong lahat na nangatatakot sa Diyos,**
**at ipahahayag ko kung ano ang kaniyang ginawa sa aking kaluluwa.**
**17 Ako'y dumaing sa kaniya ng aking bibig,**
**at siya'y ibinunyi ng aking dila.**
**18 Kung pinakundanganan ko ang kasamaan sa aking puso,**
**hindi ako didinggin ng Panginoon;**
**19 Nguni't katotohanang dininig ako ng Diyos;**
**kaniyang pinakinggan ang tinig ng aking dalangin.**
**20 Purihin ang Diyos,**

**na hindi iniwaksi ang aking dalangin**
**ni ang kaniyang kagandahang-loob sa akin.**

**66:16 "Kayo'y magsiparito at dinggin ninyo, ninyong lahat na nangatatakot sa Diyos"** Ang pariralang ito ay nagsimula sa dalawang *Qal* MGA PAUTOS (tingnan ang tala at 5). Ang Bibliya ay hindi nagtuturo ng panglahatang kaligtasan, ngunit ito ay nagtuturo ng pangkalahatang pag-aalok ng biyaya ng Diyos sa kanilang tutugon (cf. Juan 1:12; 3:16,36; 6:40; 11:25-26; taga-Roma 10:9-13). Ang Diyos ay tutugan sa kanilang tumugon sa Kaniya. Ngunit pansinin ang kalagayang, "lahat ng nangatatakot sa Diyos."

▣ **"at ipahahayag ko kung ano ang kaniyang ginawa sa aking kaluluwa"** Habang ang talata 9 ay naghahayag ng pangmaramihang buhay ng Israel, gayundin ang mga talata 13-15 at 16-20 ay naghahayag ng pansarili buhay ng isang mananamba (i.e., ang salmista). Inilalarawan niya ang kaniyang buhay panalangin. Kadalasang ang Awit ay nagsisimul sa isang pansarili at nagtatapos sa pangmaramihang pagpuri ngunit ang Awit na ito ay kabaliktaran.

**66:17** Habang walang tahimik na pagbabasa sa ANE, gayundin naman, ay walang tahimik na panalangin (tingnan ang 1 Samuel1:13).

**66:18** Ang pag-uugali ay napakahalaga. Tingnan ang Natatanging Paksa: Panalangin, Walang Limitasyon Subalit Limitado sa Awit 64:1. Ang hindi naipahayag na kasalanan ng tao ay bumubulag sa sarili sa presensiya at pag-ibig ng Diyos. Mayroong mga kahihinatnan sa panahon at sa walang-hanggan ang magkasala kapwa sa mananampalataya at di-mananampalataya.

**66:19** Ang matatapat na mga tagasunod ay naniniwala na ang Diyos ay dumidinig (cf. Awit 18:6) at tutugon ng nararapat! Ito ay isang kasiguraduhan ng pananampalataya, hindi isang katiyakan (tingnan ang Natatanging Paksa: Kasiguraduhan sa Awit 51:11b).

**66:20 "Purihin ang Diyos"** Ang pagpapala (BDB 138, KB 159, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI, cf. Awit 68:35) ay nagmula sa Diyos at sa Diyos. Walang pagpapala maliban na mula sa Kaniya. Siya ay dapat papurin para sa

1. kung Sino Siya (cf. vv. 10-12; 2 taga-Corinto 1:3)
2. kung ano ang Kaniyang ginawa (cf. vv. 1-3)
3. kung ano ang Kaniyang ginagawa
4. kung ano ang Kaniyang gagawin (cf. vv. 4,8)!

▣ **"kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip,

hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang Awit 66 sa 65 at 67?
2. Bakit mahirap isalin ang talata 3?
3. Mayroon bang anumang biblikal na katibayan para sa pambansang mga anghel (cf. Daniel 10)?
4. Bakit sinusubukan ng Diyos ang mga tao at mga bansa?
5. Itala ang mga bagay na maiuugna sa panalangin sa mga talata 17-20.

# AWIT 67

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang mga Bansa ay Hinihikayat na Papurihan ang mga Gawa ng Diyos<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit; may kwerdas na mga instrumento. Isang Salmo. Isang Awit | Isang Panalangin at Isang Doxolohiya | Pasasalamat para sa isang Mabuting Ani | Isang Awit ngPasasalamat | Awit ng Pag-aani |
| 67:1-7 | 67:1-2 | 67:1-3 | 67:1-2 | 67:1-2 |
| | 67:3-4 | | 67:3 | 67:3 |
| | | 67:4-5 | 67:4 | 67:4 |
| | 67:5-7 | | 67:5 | 67:5 |
| | | 67:6-7 | 67:6-7 | 67:6-7 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito, tulad ng Awit 65 sa Awit 66, ay may isang pangkalahatang elemento (cf. vv. 2,3,4,5,7, lalo na sa v. 2). Ang layunin ni YHWH ay
   1. ang mundo ay maaaring makakila sa Kaniya (v. 2a)
   2. ang mundo ay maaaring maligtas (v. 2b)

   Ipinakilala Niya ang Kaniyang sarili sa pamamgitan ng Kaniyang
   1. mga gawa ng paglalang

2. mga gawa ng pagpili (i.e., Abraham at kaniyang mga inanak)
3. mga gawa ng katubusan (i.e., lalo na ang Exodo, mga Paglalagalag sa Ilang, at pagbalik mula sa pagkakatapon)
4. ang mga gawang ito na nakatala para sa lahat ng magbabasa ng Kasulatan
5. panghinaharap na mga gawa sa pamamagitan ng pangako at propesiya ng Mesias

B. Ang Awit na ito ay ipinapakilala sa pamamagitan ng ang paggamit ng MGA PANGKAUTUSAN.
   1. mga gawa ng Diyos
      a. ang Diyos ay mapagbiyaya, v. 1 – BDB 138, KB 159, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
      b. ang Diyos ay mapagpala, v. 1 – BDB 138, KB 159, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
      c. ang Diyos ay nagdudulot na sumilang ang Kanyang mukha, v. 1 – BDB 21, KB 24, *Hiphil* PANGKAUTUSAN
      d. ang Diyos ay nagpapala, v. 7 – BDB tulad ng b
   2. ang tugon ng mga tao
      a-b. ang mga tao magpupuri (dalawang beses), v. 3 – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
      c. ang mga bansa ay nangatutuwa, v. 4 – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
      d. ang mga bansa ay umaawit sa kaligayahan, v. 4 – BDB 943, KB 1247, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
      e-f. pag-ulit ng talata 3 (i.e., a-b)

C. Ako'y lubhang nalulugod sa mga kabatiran ni Derek Kidner. Ang kaniyang komentaryo sa Genesis at Awit sa kalipunan ng Tyndale OT ay isang pagpapala sa akin. Sa panimula ng kaniyang mga puna sa Awit na ito, kaniyang sinabi:

> "Kung isang awit ay naisulat nang minsan tungkol kay Abraham, na siya ay magiging kapwa pinagpala at ginawang pagpapala, maaaring ito rin ay tulad ng mga ito" (p. 254).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 67:1-7**

**1 Diyos maawa ka sa amin, at pagpalain mo kami,**
**at pasilangin nawa niya ang kaniyang mukha sa amin — Selah.**
**2 Upang ang iyong daan ay maalaman sa lupa,**
**ang iyong pangligtas na kagalingan sa lahat ng mga bansa.**
**3 Purihin ka ng mga bayan, Oh Diyos;**
**purihin ka ng lahat ng mga bayan.**
**4 Oh mangatuwa at magsiawit sa kasayahan ang mga bansa;**
**sapagka't iyong hahatulan ang mga bayan ng karampatan**
**at iyong pamamahalaan ang mga bansa sa lupa. Selah.**
**5 Purihin ka ng mga bayan, Oh Diyos;**
**purihin ka ng lahat ng mga bayan.**
**6 Isinibol ng lupa ang kaniyang bunga;**
**ang Diyos ang sarili naming Diyos ay pagpapalain kami.**
**7 Pagpapalain kami ng Diyos,**
**at lahat ng mga wakas ng lupa ay mangatatakot sa kaniya.**

**67:1** Talata 1 ay isang panalangin na may isang pangkalahatang pangkatubusang paksa. Ninanais ni YHWH na ang lahat ng mga tao na nilalang sa Kaniyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27) ay mapanumbalik sa pagsasama-sama pagkatapos ng paghihimagsik at kasalanan nina Adan at Eba sa Genesis 3. Ang pangako ng Genesis 3:15 ay nakatuon sa lahat ng mga tao (walang Israel hanggang sa panawagan ni Abram sa Genesis 12).

Ang kaligtasan/pagpapanumbalik ng nasirang "larawan" ay ang di-mababagong layunin ng Diyos simula noong Pagkabagsak (i.e., Isaias 2:2-4; 45:22; 52:10; 56:7; Mikas 4:1-2). Tingnan ang ang Natatanging Paksa: Ang Walang Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH sa Awit 2 Panimula. Ito ay maliwanag na naghahayag ng aking batayang teolohikong pagpapalagay at teolohikong panindigan!

▣ **"kami"** Sino ang "kami" (dalawang beses sa v. 1 at vv. 6b, 7a)? Mula sa sanggunian sa Bilang 6 (i.e., ang Aaronic pagpapala) ang isa ay ipinagpapalagay ang Israel (cf. Awit 4:6), ngunit pansinin ang ibang mga sanggunian.

1. ang mga tao, vv. 3,4b,5a
2. lahat ng mga tao, vv. 3,5b
3. ang mga bansa, v. 4a
4. ang mga bansa ng lupa, v. 4c
5. lahat ng mga wakas ng lupa, v. 7b

Ang Diyos ay naghahangad ng kaligtasan sa lahat (cf. Juan 3:16-17; 4:42; Mga Gawa 2:17; 1 Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; 2 Pedro 3:9; 1 Juan 2:1-2; 4:9-10).

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

▣ **"at pasilangin nawa niya ang kaniyang mukha sa amin"** Ang mga titik na ito ng pagpapala ng personal na presensiya at pagsasama-sama kay YHWH ay nagmula Aaronikong pagpapala ng Bilang 6:22-27. Ang paglalarawan ay kadalasang inuulit sa Awit (cf. Awit 4:6; 31:16; 80:3,7,19; 119:135).

**67:2 "ang iyong daan"** Ang daan ng Diyos ay tumutukoy sa Kaniyang kapahayagan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Termino para ka Kapahayagan ng Diyos sa Awit 1:2. Pansinin ang teolohikong magkakaagapay sa Awit 16:11.

Ang teolohikong konsepto ng biblikal na pananampalataya bilang isang paraan/daan ay napakahalaga (tingnan ang Awit 1). Inilalarawan ito ni Hesus bilang isang pasukan at isang dadd (cf. Mateo 7:13-27), isang personal na pakikipagtagpo na sinusundan ng buhay na nakasentro kay Kristo (cf. Santiago 2:14- 26). Isinama ko ang mga tala mula sa aking komentaryong sa Mga Gawa 9:2 sa ibaba.

> **Mga Gawa 9:2 "Ang Daan"** Ito ay ang sinaunang katawagan para sa mga mananampalataya (cf. 19:9,23; 22:4; 24:14,22 at maaaring 18:25,26). Ito ay mayroong isang kaligiran sa OT, na nagsasalita ng pamumuhay pananampalataya (cf. Mga Awit 1:1; 16:11; 119:105; 139:24; Kawikaan 4:10-19). Ginamit ni Hesus ang konseptong ito sa Mateo 7:14 at ginagamit ang titulo para sa kanyang sarili sa Juan 14:6. Ang Kristiyanismo ay isang personal na pagtatagpo na sinusundan ng isang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan.

▣ **"lupa"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2. Ang konteksto ang nagpapasiya ng kahulugan!

**67:4** Ang talatang ito ay di-maaaring maging negatibo (i.e., kahatulan lamang) sapagkat ang kahatulan ng Diyos sa katapatan ay magdudulot sa mga bansa na

1. magalak
2. umawit nang may kagalakan
3. patnubayan ng Diyos

Ang kaisipan na ang mga bansa ay papatnubayan ng Diyos ay makikita ang lalong kahalagahan nito kapag napansin ang dami ng beses (nakalipas, pangkasalukuyan, panghinaharap) ang terminong ito (BDB 634) ay ginamit sa Israel (cf. Deuteronomio 32:12; Nehemiah 9:12; Awit 5:8; 23:3; 31:3; 43:3; 73:24; 78:14,53,72; 107:30; 139:10; 143:10). Ngayon itong katulad na maka-Diyos na pamumuno ay magagamit para sa isang nagsisisi, nananampalatayang Hentil na mundo (cf. Jeremias 16:19).

**67:6** Ang mga kasunduan ng OT ay nangako ng mga pang-agrikultural na pagpapala para sa kanilang sumusunod sa kasunduan (i.e., Levitico 26; Deuteronomio 27-28). Ang talatang ito ay nagpapahiwatig isang nagsisising nananampalatayang pangkat sa mga tao ng lupa. Ito ay may isang eskatolohikong pagkaunawa.

Ang Bibliya ay nagsisimula sa pang-agrikulturang kasaganahan (i.e., Hardin ng Eden) at natatapos sa katulad na paglalarawan (Pahayag 21-22). Ito ay nagpapahiwatig na ang lugar ng pagsasama-sama sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan ay isang ipinanumbalik na Hardin ng Eden (i.e., isang nalinis at napanumbalik na lupa). Walang paraan upang malaman kung ito ay paglalarawan o propesiya.

Maraming mga iskolar ay nakikita ang Awit na ito bilang isang aning pagpapala batay sa talatang ito. Gayunman, ang kasaganahan ng pangkalahatang mga sangkap ay ginagawa itong may pagduruda. Ang Awit na ito ay tungkol sa nais ng Diyos para sa lahat ng mga bansa na makilala Siya (cf. v. 2) at sumunod sa Kaniya (v. 4) at, sa gayong paraan ay pagpalain (v. 6)!

**67:7 "at lahat ng mga wakas ng lupa ay mangatatakot sa kaniya"** Ito ang paggamit ng salitang "mangatakot" (BDB 431, KB 432) sa kaunawaan ng pagkamangha, paggalang, pakundangan. Ang pangkalahatang paksa ay nahahayag din sa Awit 22:27 at 33:8.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Kanino ipinapahayag ang Awit na ito?
2. Bakit ang talata 2 ay lubhang mahalaga sa teolohiya? Ang paksa bang ito ay natatangi sa Awit na ito?
3. Ipaliwanag ang talata 4 sa iyong sariling mga salita. Ito ba ay positibo o negatibo?
4. Ang langit ba ay magiging ipinanumbalik na lupa?
5. Ang teolohikong pagkaunawa ba ng Awit na ito ay natatangi sa Salmo?

# AWIT 68

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Diyos ng Sinai at ng Sanctuario<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit; may kwerdas na mga instru-mento. Isang Awit of David. Isang Awit | Ang Kaluwalhatian ng Diyos sa Kaniyang Kabutihan sa Israel | Liturhiya para sa Pistang Pagdiriwang sa Templo | Isang Pambansang Awit ng Tagumpay | Isang Epiko ng Kaluwalha-tian ng Israel |
| 68:1-4 | 68:1-3 | 68:1-3 | 68:1-3 | 68:1-2 |
| | | | | 68:3-4 |
| | 68:4 | 68:4 | 68:4 | |
| 68:5-6 | 68:5-6 | 68:5-6 | 68:5-6 | 68:5-6 |
| 68:7-10 | 68:7-10 | 68:7-10 | 68:7-10 | 68:7-8 |
| | | | | 68:9-10 |
| 68:11-14 | 68:11-14 | 68:11-14 | 68:11-14 | 68:11-12 |
| | | | | 68:13-14 |
| 68:15-18 | 68:15-16 | 68:15-16 | 68:15-16 | 68:15-16 |
| | 68:17-18 | 68:17-20 | 68:17-18 | 68:17-18 |
| 68:19-23 | 68:19-20 | | 68:19-20 | 68:19 |
| | | | | 68:20-21 |
| | 68:21-23 | 68:21-23 | 68:21-23 | |
| | | | | 68:22-23 |
| 68:24-27 | 68:24-27 | 68:24-27 | 68:24-27 | 68:24-25 |
| | | | | 68:26-27 |
| 68:28-31 | 68:28-31 | 68:28-31 | 68:28-31 | 68:28-29 |
| | | | | 68:30-31 |
| 68:32-35 | 68:32-35b | 68:32-35c | 68:32-35c | 68:32-24a |
| | | | | 68:34b-35c |
| | 68:35c | 68:35d | 68:35d | 68:35d |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng

interpretasyon.  Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Napakahirap mahanap ang isang pinagkaisang paksa ng Awit na ito.  Ito ay maaaring isang antolohiya ng mga gawa ni YHWH sa kapakanan ng Israel (i.e., Exodo, Pananakop, pagtatatag ng templo sa Herusalem).  Ang NASB  Study Bible (p. 805) ay tinatawag itong "Isang pangprusisyong liturhiya na ipinagdiriwang ang maluwalhati at matagumpay na pamumuno ng Diyos ng Israel."  Kung ito ay tama, ang Awit na ito ay katulad sa Nehemiah 9.

B. Ang ilang mga iskolar ay nakikita ang Awit na ito bilang isang paghahalo na walang paksa.
   1. NRSV, The New Oxford Annotated Bibl (p. 728) ay sinasabing, "Ito ay ang pinakamahirap sa mga salmo na ipaliwanag,  at walang pangkalahatang kasunduan sa alinman sa kahulugan nito bilang isang buoo  sa maraming detalye nito."
   2. Ang UBS *Handbook on Psalams* (p. 577) ay sinasabing, "kapwa sa teksto at kahulugan ng awit na ito ay ang  pinakamahirap sa lahat ng salmo na maunawaan at ipaliwanag. Walang  naaaninaw na pagkakaisa sa kabuuan."
   3. Ang Jewish Study Bible (p. 1353) ay sinasabing, "Ang bokabularyo nito ay isinasama ang labing-limang mga salita na hindi matatagpuan saanmang lugar sa Bibliya, dagdagan pa ng di-karaniwang mga salita, na dumadagdag sa kahirapan ng pagpapaliwanag nito.  Sa katotohanan, karamihan nito ay nananatiling may kalabuan, at marami ay itinuturing ito na pinakamahirap na awit sa Salmo."
   4. Isang dahilan para sa pagpapalagay ng komposisyon ay napakaraming mga pangalan para sa pagka-Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1) na ginamit.
      a. *Elohim* (BDB 43), vv. 1,2,3,4,5,6,7,8 (dalawang beses), 9,10,15,16,17,18,21,24 (dalawang beses),26,28,31, 32,34,35 (dalawang beses).
      b. *Yah* (BDB 43), vv. 4,18
      c. *Eloah* (BDB 43), vv. 8,28 (PANG-ISAHAN ng *Elohim*)
      d. *Adonai* (BDB 10), vv. 11,17,19,20,22,32
      e. *Shaddai* (BDB 994), v. 14 (pangalan ni YHWH sa mga Patriyarka, cf. Exodo 6:3)
      f. *El* (BDB 42), vv. 19,20 (dalawang beses), 35
      g. YHWH (BDB 217), vv. 20,26
      h. Hari (BDB 572 II), v. 24

C. Ang posibleng balangkat sa pamamagitan ng mga paksa.
   1. panghukbong tagumpay
      a. vv. 1-4 (di-pinangalanang mga kaaway na maaaring sa Paglalagalag sa Ilang, v. 4b)
      b. vv. 11-14 (di-pinangalanang hari na nanakop ngunit natalo)
      c. vv. 19-23 (di-pinangalanang mga kaaway)
      d. vv. 28-31 (Ehipto)

2. pangkasunduang pagtuon
    a. tulungan ang pinakamunti, vv. 5-6
        (1) mga ulila
        (2) mga balo
        (3) kaawa-awa
        (4) nag-iisa
    b. kasaganahan, vv. 7-10
    c. Sinai, vv. 15-18
3. ang templo
    a. prusisyon ng Hari at mga tao ng Israel sa templo, vv. 24-27
    b. lahat ng mga taong nagpupuri sa Diyos (i.e., paksa ng Awit 65-68) na namumuno mula sa sanctuario (i.e., Herusalem, Sion, Bundok Moriah, templo), vv. 32-35

Samakatuwid, aking ipagpapalagay na ang Awit na ito ay nagpapakilala ng isang panghukbong tagumpay na may isang prusisyon sa templo; ang petsa ay di-tiyak!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 68:1-4**

**1Bumangon nawa ang Diyos, mangalat ang kaniyang mga kaaway,**
**sila namang nangagtatanim sa kaniya ay magsitakas sa harap niya.**
**2Kung paanong napaparam ang usok ay gayon nangapaparam sila;**
**Kung paanong natutunaw ang pagkit sa harap ng apoy,**
**gayon mamatay ang masama sa harapan ng Diyos,**
**3Nguni't mangatuwa ang matuwid; mangagalak sila sa harap ng Diyos;**
**Oo, mangagalak sila ng kasayahan.**
**4Kayo'y magsiawit sa Diyos, kayo'y magsiawit ng kapurihan sa kaniyang pangalan;**
**ipaghanda ninyo ng maluwang na lansangan siya na nangangabayo sa mga ilang;**
**ang kaniyang pangalan ay JAH; at mangagalak kayo sa harap niya,**

**68:1-4** Ang unang istropa ay may maraming *Qal* MGA DI-GANAP na maaaring ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Ang MGA PANDIWA "nawa. . ." at "hayaan . ." ay mga tanda ng ganitong pang-gramatikong anyo.

1. bumangon nawa ang Diyos – BDB 877, KB 1086, *Qal* DI-GANAP
2. mangalat ang kaniyang mga kaaway – BDB 806, KB 918, *Qal* DI-GANAP
3. sila namang nangagtatanim sa kaniya ay magsitakas sa harap niya – BDB 630, KB 681, *Qal* DI-GANAP
4. mamatay ang masama – BDB 1, KB 2, *Qal* DI-GANAP
5. mangatuwa ang matuwid – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP
6. mangagalak sila sa harap ng Diyos – BDB 763, KB 836, *Qal* DI-GANAP
7. mangagalak sila ng kasayahan – BDB 965, KB 1314, *Qal* DI-GANAP

▣ Pansinin ang iba't-ibang mga paraan ng pagpapakilala ng mga kaaway ng Diyos.

1. mga kaaway, v. 1a – BDB 33, KB 38, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI (sa literal ay "silang kalaban sa")
2. "sa kanilang nagtatanim sa Kaniya," v. 1b – BDB 971, KB 1338, *Piel* PANDIWARI
3. ang masama, v. 2c – BDB 957

Sila ay dapat na "mangalat," "magsitakas," "napaparam," "natutunaw," "mamatay," ngunit ang matuwid ay

1. mangatuwa, v. 3a
2. mangagalak, v. 3a

3. mangagalak na may kasayahan, v. 3b
4. magsiawit sa Diyos, v. 4a – BDB 1010, KB 1479, *Qal* PAUTOS
5. magsiawit ng kapurihan sa Kaniyang pangalan, v. 4a – BDB 274, KB 273, *Piel* PAUTOS
6. ipaghanda ninyo ng maluwang na lansangan sa Kaniya, v. 4b – BDB 699, KB 757, *Qal* PAUTOS
7. mangagalak sa harap Niya, v. 4c – BDB 759, KB 831, *Qal* PAUTOS

**68:1 "Bumangon nawa ang Diyos (*Elohim*). . ."** Ito ay maaaring maunawaan sa dalawang mga kaunawaan.
1. bumangon mula sa Kaniyang trono upang kumilos
2. ang arko ng kasunduan na dinadala sa labanan sa harapan ng hukbo ng Israel (cf. Bilang 10:35)

**68:2** Maraming mga talinghaga ng pagkatalo.
1. tulad ng usok na naglalaho
2. tulad ng usok sa harapan ng malakas na hangin
3. tulad ng natutunaw na pagkit sa presensiya ni YHWH (cf. Awit 97:5; Mikas 1:4)
4. mamamatay (i.e., dulutang maglaho, BDB 1)

**68:4** Ang talatang ito ay may apat na MGA PAUTOS na nagpapakilala ng mga pagkilos ng matuwid.
1. magsiawit sa Diyos – gawain sa templo
2. magsiawit ng kapurihan sa Kaniyang pangalan – gawain sa templo
3. ipaghanda ninyo ng maluwang na lansangan sa Kaniya – maharlikang talinghaga ng paghahanda, cf. Isaias 35:6-10; 40:3-4; 57:14; 62:10
4. magalak sa harap NIya – gawain sa templo

Ang pinagkaisang paksa ng Awit na ito ay pagsamba sa templo (cf. 68:5,24-27,29,35).

▣ **"na nangangabayo sa mga ilang"** Ang konsepto ng pagsakay ni YHWH sa mga ulap (cf. v. 33) ay isang pagkabanggit kay *Ba'al*, ang diyos ng ulan ng Cananeong panteon na nagdadala ng ulan. Kadalasang ang mga titulo ng mga paganong diyos ay ipinagpapalagay kay YHWH, na siyang tanging tunay na Diyos (cf. Deuteronomio 33:26; Isaias 19:1).

Ang MT ay may "mga ilang" (BDB 787) ngunit KB 879 nagmumungkahi ng "mga ulap" mula sa Ugarikong salitang-ugat (cf. Awit 104:3). Ito ay umaakmang pinakamainam sa konteksto (cf. NKJV, NRSV, TEV, NJB, JPSOA, REB, cf. Awit 18:9-15).

Ang ASV ay may salitang-ugat ערב (BDB 787) na tumutukoy sa "Arabia" (cf. 2 Cronica 17:11; 21:16; 22:1; 26:7). Tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, C. 1.

Ang LXX ay may salitang-ugat מערב (BDB 591 II) na nangangahulugang "kanluran."

Ang mga Targum, na sinusundan ng Peshitta at ng huling King James, ay may "langit," cf. v. 33.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 68:5-6**

**5 Ama ng mga ulila, at hukom ng mga babaing bao,**
**ang Diyos sa kaniyang banal na tahanan.**
**6 Pinapagmamaganak ng Diyos ang mga nagiisa;**
**kaniyang inilalabas sa kaginhawahan ang mga bilanggo,**
**nguni't ang mga mapanghimagsik ay magsisitahan sa tuyong lupa.**

**68:5-6** Pansinin ang mga uri ng mga tao na kinikulos ng Diyos na bilang manananggol sa kanilang kapakanan (i.e., Exodo 22:23).
1. mga ulila – Exodo 22:22; Deuteronomio 14:29; 24:17; Awit 146:9; Isaias 1:17; Jeremias 7:6; Santiago 1:27

2. mga balo – Exodo 22:22; Deuteronomio 14:29; 24:17; Awit 146:9; Isaias 1:17; Jeremias 7:6; Santiago 1:27
3. nag-iisa – BDB 402, KB 405, mula sa Arabeng "maging mag-isa"
4. kaawa-awa – Job 31:16-20; Awit 69:33 (sa literal ay "alipin," BDB 64); nagkakaloob si YHWH para sa "nangangailangan" (BDB 776) sa v. 10

Pansinin na sa talata 6 ay mayroong pagkakaiba sa pagitan ng katangian, nagpapatuloy na mga pagkilos ng Diyos

1. gumawa ng tahanan (sa literal "magdulot na manahan") – BDB 442, KB 444, *Hiphil* PANDIWARI
2. inilalabas – BDB 422, KB 425, *Hiphil* PANDIWARI

para sa kaawa-awa at nangangailangan na pinag-iiba sa palagiang tahanan (BDB 1014, KB 1496, *Qal* GANAP) ng matigas na ulo/mapaghimagsik na hindi magbabago (BDB 710, KB 770, *Qal* PANDIWARI) at siyang mananahan sa isang "tigang na lupain" (BDB 850, tanging dito sa OT, ngunit may karaniwang paglalarawan ng kakulangan ng presensiya ni YHWH at isang tanda ng Kaniyang kahatulan, cf. Awit 78:17; 107:34,40).

▣ **"ang mga mapanghimagsik ay magsisitahan sa tuyong lupa"** Ang isa ay nagtataka kung ang mga rebeldeng ito ay ang katulad na mga tao na tinutukoy sa mga talata 1-2. Ngunit ang konteksto ng mga talata 5-6 ay nagpapahiwatig sila ay di-matapat na mga pangkasunduang Israelita.

Pansinin na ang kasaganahan ay tanda ng matapat na mga tagasunod, habang ang kawalan ng ulan ay tanda ng mga rebelde. Ang uring ito ng teolohiya na batay sa kasunduan pagsunod (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30) ay kilala bilang "dalawang daan" (cf. 68:7-10; Deuteronomio 30:15-20; Awit 1).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 68:7-10**

**7Oh Diyos, nang ikaw ay lumabas sa harap ng iyong bayan,**
**nang ikaw ay lumakad sa ilang, Selah.**
**8Ang lupa ay nayanig;**
**ang mga langit naman ay tumulo sa harapan ng Diyos;**
**ang Sinai na yaon ay nayanig sa harapan ng Diyos, ng Diyos ng Israel.**
**9Ikaw, Oh Diyos, naglagpak ng saganang ulan;**
**iyong pinatibay ang iyong mana, noong ito'y mahina.**
**10Ang iyong mga nilalang ay nanananahan dito;**
**ikaw, Oh Diyos, ipinaghanda mo ng iyong kabutihan ang dukha.**

**68:7-10** Ang pagbibigay-diin sa "ang dalawang daan" ay nagpapatuloy. Ang istropang ito ay tila isinama

1. ang yugto ng Paglalagalag sa Ilang (i.e., Israel na pinangunahan ni YHWH sa ulap, cf. Exodo 13:21; 14:19,24; Awit 78:14; 105:39) at mahimalang nagtustos (i.e., tubig, mana, pugo)
2. ang pang-agrikulturang kasaganahan ng Ipinangakong Lupain (i.e., ang trans-Jordan at Canaan)

**68:7 "nang ikaw ay lumabas sa harap ng iyong bayan"** Ito ay isang wikain ng "banal na digmaan." Ang mga labanan ay tagumpay ni YHWH. Siya ay sumama sa Kaniyang mga tao sa pakikilaban (cf. Mga Hukom 4:14; 2 Samuel 5:24). Ito ay kadalasang sinasagisag bilang arko ng kasunduan na dinadala ng Levita at ang puno ng hukbo.

▣ **"nang ikaw ay lumakad sa ilang"** Ito ay nagpapahiwatig ng Yugto ng Paglalagalag sa Ilang (cf. Mga Hukom 5:4-5). Si YHWH ang nangalaga, gumabay, nagkaloob ng lahat ng kailangan ng Israel

habang sila ay naglalagalag sa ilang apatnapung taon bago pumasok ng Canaan dahil ng kanilang kawalang pananampalataya (cf. Bilang 13-14). Si YHWH ay lubhang maasikaso sa Israel sa panahong ito na mga sumunod na rabbi ay tinatawag itong "ang yugto ng pagpupulut-gata sa pagitan ni YHWH at Israel."

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula sa Awit, VII.

**68:8 "Ang lupa ay nayanig"** Ito ay kapwa isang talinghaga para sa presensiya ni YHWH (cf. Joel 2:10; Mateo 27:51) at isang literal na pisikal na pagpapahayag ng Kaniyang presensiya (cf. Exodo 19:16-18; Mga Hukom 5:4-5).

▣ Pansinin na nag "Diyos ng Sinai" (i.e., ang pagkakaloob ng kautusan, cf. Exodo 19-20) ay magkakaagapay sa "Diyos ng Israel." Ang may-akda ay ginagamit ang maraming iba't-ibang mga pangalan para sa "Diyos" (tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, B, 4). Ang natatangi sa Israel ay ang presensiya ni YHWH (monoteismo) at Kaniyang kapahayagan ng Kaniyang sarili sa pamamagitan ng gawain, pangako, at nakasulat na kapahayagan (ang OT).

**68:9 "iyong mana"** Ang terminong ito (BDB 635) ay maaaring tumukoy sa
1. ang kasunduan mga tao (cf. Deuteronomio 32:9; 1 Mga Hari 8:51; Joel 3:2; Jeremias 10:16)
2. ang lupain ng Canaan (cf. Awit 79:1; Jeremias 2:7)

Ang terminong "lupain" (BDB 75, KB 90) ay ginamit sa lahat ng lupa (cf. Exodo 19:5) ngunit lalo na sa Canaan (cf. Levitico 25:23; Deuteronomio 32:43; 2 Cronica 7:20; Isaias 14:2,25; Ezekiel 36:5). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:2.

**68:10**
**NASB "ang mga nilalang ay nanananahan dito"**
**NKJV "iyong kapisanan ay tumahan doon"**
**NRSV "ang iyong mga kawan ay nakatagpo ng tirahan dito"**
**TEV "ginawang tahanan ito ng iyong bayan"**
**LXX "ang iyong mga hayop ay naninirahan dito"**
**NJB "ang iyong pamilya ay nakatagpo ng tahanan dito"**
**JPSOA "ang iyong angkan ay naninirahan dito"**

Ang LXX isinalin ito bilang "mga hayop," ngunit ang PAMBABAE (BDB 312) ay nangangahulugan ng "isang magkaugnay na kumunidad" (cf. 2 Samuel 23:13; 1 Cronica 11:15).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 68:11-14**
**11 Nagbibigay ng salita ang Panginoon;**
**ang mga babaing nangaghahayag ng mga balita ay malaking hukbo:**
**12 "Mga hari ng mga hukbo ay nagsisitakas, sila'y nagsisitakas,**
**at siya na nananatili sa tahanan ay maghahati-hati ng samsam!"**
**13 Mahihiga ba kayo sa gitna ng mga kulungan ng mga kawan,**
**na parang mga pakpak ng kalapati na natatakpan ng pilak,**
**at ng kaniyang balahibo ng gintong madilaw.**
**14 Nang ang Makapangyarihan sa lahat ay magkalat ng mga hari roon,**
**ay tila nagka nieve sa Salmon.**

**68:11-14** Ang istropang ito, tulad ng vv. 1-4 at 19-23, ay may isang panghukbong paksa. Dahil sa mga talata 11b at 12b ito ay maaaring tumukoy sa (1) pananako ni Joshue sa Canaan o (2) isang paglusob sa Canaan/Israel na natalo.

**68:11-12** Ito ay tumutukoy sa balita ng tagumpay na ipinagkaloob ng Diyos. Ang pagsipi ng mga babaeng pinagsimulan ng mabuting balita ay nakatala sa talata 12. Ang mga kababaihan ay nagagalak sa isang panghukbong tagumpay at sumisigaw tungkol sa mga gawa ng Diyos na nakatala rin sa "Awit ni Miriam" sa Exodo 15:20-21.

▣
**NASB, NKJV** **"siya na nananatili sa tahanan"**
**NRSV, TEV,**
**REB** **"ang mga babae sa tahanan"**
**NJB** **"ang mga magaganda sa tahanan"**
**JPSOA** **"ang mga maybahay"**

Ang MT ay may "mga pastulan" (BDB 627 II) ngunit lahat ng Ingles na mga salin ay binago ang salitang-ugat sa "mga babae."

1. mga pastulan –נוה
2. mga kababaihan –נצוה

**68:13** Ang talatang ito ay mauunawaan sa maraming paraan.

1. ang kalapati (cf. v. 13b-c) ay isang pangalan para kay YHWH, bilang *Shaddai* (i.e., Makapangyarihan) – NJB
2. ito ay isang patuyang pagkabanggit sa katotohanan na ang ilan ay hindi pumunta sa labanan (i.e., 13a, TEV; cf. Mga Hukom 5:15-16)
3. ito ay isang paraang tumutukoy sa matagumpay na Israel
4. ito ay bahagi ng mga natira sa digmaan (i.e., nakuhang inukitan/nahubog na kayamanan, maaaring magkaugnay sa pagsamba ng *Ishtar*, *Astarte*)
5. isang sanggunian sa pananamit ng mga babaeng mensahero sa talata 11 (Kidner, *Tyndale Commentary*, p. 259)
6. mga bandilang pandigma ng tumatakas na kaaway (IVP *Bible Background Commentary*, p. 538)
7. ang pagpapakawala ng mga kalapati ay bahagi ng pagdiriwang ng tagumpay (F. F. Bruce, *Answers to Questions*, pp. 23-24)

▣ **"mga kanlungan ng mga kawan"** Ang salitang ito (BDB 1046, KB 1637) ay di-karaniwan. Ang saling ito ay batay sa Mga Hukom 5:16. Isang katulad na salita ay matatagpuan sa Ezekiel 40:43, na isinaling "mga kawit." Ito ay maaaring mangahulugang "panlutong apoy" o "panlutong palayok" (BDB 1046).

**68:14 "ang Makapangyarihan"** Tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, B, 4).

▣
**NASB, NRSV** **"roon"**
**NKJV** **"dito"**

Ang MT ay may isang PAMBABAENG PANG-UKOL (BDB 88) na tila maiuugnay pabalik sa talata 10 (i.e., ang lugar kung saan nananahan ang kumunidad ng pamana ni YHWH).

▣ **"Salmon"** Ito ay isang bundok na malapit sa Shechem (cf. Mga Hukom 9:48). BDB ay nagmumungkahi na ito ay tumutukoy sa isang bundok sa hilaga ng Jordan. Ito ay dahil sa pangalang "Basan" sa v. 15.

Ang NJB ay isinalin ito bilang "Maitim na Bundok," dahil sa isang Akkadian na salitang-ugat na

kaugnay sa mga tao ni David mula sa angkan ni Benjamin (cf. 2 Samuel 23:28).

Ang ABD (p. 1039) ay nagdadagdag ng ikatlong mungkahi, na ito ay nagmula sa isang Arabeng salitang-ugat na nangangahulugang “liwanag” o “ningning.”

Ang sanggunian sa “niebe” ay wala rin katiyakan. Ito ay maaaring tumukoy sa

1. isang maka-Diyos na pagkilos habang nasa digmaan, tulad ng ulan sa Mga Hukom 4-5
2. talinghaga ng paghahasik ng asin sa isang natalong lugar (cf. Mga Hukom 9:45)
3. talinghaga na siya ay naglilinis ng mga buto ng patay na mga sundalo (IDB, tomo 4, p. 933)
4. isang paraan upang italaga ang pangkasaysayang petsa ng pagkatalo ng mga namamakop
5. ang PANDIWA na “nieba” ay isang *Hiphil* PANGKAUTUSAN sa anyo, samakatuwid ay, “hayaang magka-niebe sa Salmon” (i.e., isang inaasahang tanda ng maka-Diyos na tagumpay)
6. ang mga sandata ng kaaway na nakalatag sa lupa na linisan habang sila patakas (NASB Study Bible, p. 806)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 68:15-18**

**15Bundok ng Diyos ay ang bundok ng Basan;**
**mataas na bundok ang bundok ng Basan.**
**16Bakit kayo'y nagsisiirap, kayong matataas na mga bundok,**
**sa bundok na ninasa ng Diyos na maging kaniyang tahanan?**
**Oo, tatahan doon ang PANGINOON magpakailan man.**
**17Ang mga karo ng Diyos ay dalawang pung libo sa makatuwid baga'y libolibo;**
**ang Panginoon ay nasa gitna nila, kung paano sa Sinai, gayon sa santuario.**
**18Sumampa ka sa mataas, pinatnubayan mo ang iyong bihag sa pagkabihag;**
**tumanggap ka ng mga kaloob sa gitna ng mga tao,**
**Oo, pati sa mga mapanghimagsik, upang makatahang kasama nila ang Panginoong Diyos.**

**68:15-18** Ang istropang ito ay tungkol sa Bundok Sinai (i.e., Bundok Horeb) bilang natatanging pinananahanang lugar ng Diyos. Ang ibang mga bundok ng ibang mga bansa ay naninibugho (cf. v. 16).

**68:15**
**NASB,**
**NKJV,**
**NJB, LXX** **“Bundok ng Diyos”**
**NRSV, TEV** **“Oh makapangyarihan bundok”**
**JPSOA** **“Oh maharlikang bundok”**
**REB** **“isang napakatayog na burol”**

Ang Hebreo na terminong *Elohim* (BDB 43) ay maaaring magamit sa isang masinsinang kaunawaan (#2c, cf. Job 1:16).

Ang katulad na bundok na ito ay tinatawag na “isang bundok ng *maraming* tuktok” sa susunod na linya ng tulaan. Ang terminong ito (BDB 148, KB 174) ay matatagpuan lamang dito sa OT. Ito ay maaaring mangahulugang

1. maraming mga tuktok (i.e., isang saklaw ng bundok)
2. palibot na tuktok

**68:16b,c** Ang kadalasang palagiang pinananahanan ni YHWH ay ang arko ng kasunduan, na dumating na mamalagi sa Herusalem sa Bundok Moriah (cf. Deuteronomio 12:5; Awit 87:1-2; 132:13-14), ngunit dito, ating pinag-uusapan ang Exodo. Ipinahayag ni YHWH ang Kaniyang sarili sa Bundok Sinai/Bundok Horeb (cf. Exodo 19-20), kung sana Siya ay nagkaloob ng Kautusan ni Moises bago pa naman ang isang arko ng kasunduan.

▣ **"nagsisiirap"** Ito ay isang pagbibigay-katauhan ng mga naninibughong bundok ng Basan. Ang PANDIWA (BDB 952, KB 1280, *Piel* DI-GANAP) ay matatagpuan lamang dito sa OT. Ito ay ginamit sa isang katulad na paraan sa Ecclesiasticus 14:22 ("magmasid na patago").

**68:17** Ang paglalarawan ng talatang ito ay binabanggit sa Deuteronomio 33:2-5, na ipinakikilala si YHWH sa darating sa Sinai kasama ang Kaniyang banal na kasamahang anghel (cf. Daniel 7:10; Pahayag 5:11).

Ginamit ni YHWH ang Bundok Sinai bilang lugar upang makipagkita sa Israel sa paggawa ng kasunduang kapahayagan, ngunit pinili Niya ang Bundok Moriah sa Herusalem bilang lugar para sa Kaniyang presensiya (i.e., ang arko ng kasunduan) upang manahan ng palagian (cf. v. 16).

▣ **"libo-libo"** Ito ay isang Hebreong BALANGKAS of BDB 48 at 1041. Ang ikalawang salita ay matatagpuan lamang dito sa OT. BDB binibigyang kahulugan ito bilang "pag-uulit" o "muling pagdoble." Ang konteksto at pagkakaagapay ay makakatulong sa pagbigay-kahulugan sa termino.

**68:18** Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa Diyos

1. pagpunta sa tuktok ng Bundok Sinai
2. bilang isang panghukbong talinghaga ng parangal na iginawad sa nagtagumpay

Sinipi ni Pablo ang talatang ito sa taga-Efeso 4:8, ngunit mula sa isang Targum na salin na binago ang "tumanggap" to "nagkaloob." Kapansinpansin ang pagbabago ng kahulugan sa MT. Ang Peshitta ay may

> "Pinagpala mo ang mga tao ng mga kaloob; ngunit ang mga mapanghimagsik na tao ay hindi makapanahan sa presensiya ng Diyos."

Ito ay tiyakang maaari na ang implikasyon ng MT ay ang Diyos ang tumatanggap ng mga kaloob ng mga bansa at binapahaging muli sa Kaniyang mga tao (tingnan ang Gleason Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties*, pp. 404-405).

Ang mga rabbi ay nakita ang Awit 68 na magkaugnay sa pagkakaloob ni YHWH ng kautusa kay Moises sa Bundok Sinai. Naipaliwanag nila ang "tumanggap/nagkaloo" na dinamikong tumutukoy sa Kautusan ni Moise, ngunit si Pablo ay nakita ito bilang ang bagong bagong panahon ni Kristo. Pinalakas Niya ang Kaniyang iglesiya na may bagong kapahayagan (cf. G. B. Caird, *The Language and Imagery of Bible*, p. 170).

Sa konteksto ng mga talata 15-18, ang talata 18 ay kailangang tumukoy sa "banal na digmaan," ni YHWH, kung saan ang mga kaaway ng Israel, kapwa sa daraan (i.e., mga paglalagalag sa ilang) at ang pananakop ngCanaan, ay natalo. Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa "ang mga pagpapala ni Moises" sa Deuteronomio 33 na pinagpatuloy pagkatapos sa pananakop at pagtira sa Canaan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 68:19-23**

**19 Purihin ang Panginoon na nagpapasan araw-araw ng aming pasan,**
**sa makatuwid baga'y ang Diyos na siyang aming kaligtasan. Selah.**
**20 Ang Diyos sa amin ay Diyos ng mga kaligtasan;**
**at sa DIYOS na Panginoon ukol ang pagpapalaya sa kamatayan.**
**21 Nguni't sasaktan ng Diyos ang ulo ng kaniyang mga kaaway,**
**Ang bunbunang mabuhok ng nagpapatuloy sa kaniyang sala.**
**22 Sinabi ng Panginoon, ibabalik ko uli mula sa Basan.**
**ibabalik ko uli sila mula sa mga kalaliman ng dagat;**
**23 Upang madurog mo sila, na nalulubog ang iyong paa sa dugo,**
**upang ang dila ng iyong mga aso ay magkaroon ng kaniyang pagkain sa iyong mga kaaway."**

**68:19-23** Dahil ang "Basan" ay nabanggit sa talata 15 at talata 22, dapat mayrong kaugnaya sa pagitan ng ang panghukbong kalagayan ng mga istropa sa mga talata 11-14 at 19-23. Mayroong maraming maliwanag na mga katotohanan.

1. ang Diyos ay kasama ng Israel
2. ang Diyos ay ililigtas sila mula sa kanilang mga kaaway.

Ang istropang ito ay gumagamit ng tatlong mga pangalan para sa pagka-Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1).

1. *Adonai,* vv. 19,20,21
2. *El,* v. 19b (dalawang beses)
3. YHWH, v. 20

**68:19 "nagpapasan araw-araw ng aming pasan"** Ito ay maaaring magpakilala ng

1. palagiang presensiya ni YHWH sa Israel
2. palagiang pangangailangan ng Israel sa isang tagapagligtas/kaligtasan/pagpapalaya (espiritwal at/o pisikal, cf. Awit 65:5)

Ang katotohanan na si YHWH ay nagdadala sa Kaniyang sarili ay matatagpuan sa Awit 55:22; Isaias 46:4.

**68:20-23** Ang mga talatang ito ay nagbibigay-diin sa pagpapalaya ni YHWH sa hukbong Israelita (ang ilan ay namatay ngunit ang karamihan ay naligtas). Ang kanilang mga kaaway maaaying tumakbo ngunit sila ay di-makakatakas (cf. v. 22; Amos 9:1-4).

Ang talata 23 ay naglalaman ng mga wikain ng pagkatalo at kahihiyan.

1. nalulubog ang iyong paa sa dugo (cf. Awit 58:10; karaniwang wikain sa Cananeong panitikan na ginamit kay *Ba'al* at *Anath*)
2. kinakain ng mga aso ang mga patay na sundalo ng kaaway (cf. 1 Mga Hari 21:19; Jeremias 15:3)

**68:21 "bunbunang mabuhok"** Ito ay paglalarawan para sa anit ng isang tao (cf. Deuteronomio 32:42). Ang mahabang buhok ay isang OT sagisag ng dedikasyon sa Diyos (cf. Bilang 6), ngunit dito, sa mga natalong kaaway, maaaring tumutukoy sa kanilang dedikasyon isang paganong diyos at sa kanilang pagtanggit na kilalanin si YHWH.

**68:22 "mula sa Basan"** Mahirap itong malaman kung ang "Basan" (BDB 143, בשׁן) ay dapat na

1. maugnay sa talata 15 bilang isang heograpikong lugar
2. pagwawasto sa בתן, isang Ugaritikong salitang-ugat para sa "serpente," na magkakaagapay sa "mga kalaliman ng dagat" sa susunod na linya (NEB, cf. Amos 9:3, kung saan ang katulad na pagkakaagapay ay makikita sa Hebreong salita para sa "serpente"). Ang "kalaliman" ay maiuugnay din sa Exodo kung saan si YHWH hinati ang dagat at linunot ang mga piling tanod ng paraon (cf. Exodo 15:5; Nehemiah 9:11).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 68:24-27**

**24 Kanilang nakita ang iyong mga lakad, Oh Diyos,**
**sa makatuwid baga'y ang lakad ng aking Diyos, ng aking Hari, sa loob ng santuario.**
**25 Ang mga mangaawit ay nangagpauna, ang mga manunugtog ay nagsisunod,**
**sa gitna ng mga dalaga na nagtutugtugan ng mga pandereta.**
**26 Purihin ninyo ang Diyos sa mga kapisanan,**
**sa makatuwid baga'y ang Panginoon, ninyong mga sa bukal ng lahi ng Israel.**
**27 Doo'y ang munting Benjamin ay siyang kanilang puno,**
**ang mga pangulo ng Juda sa kanilang karamihang-tao,**

**ang mga pangulo ng Zabulon, ang mga pangulo ng Nephtali.**

**68:24-27** Ang istropang ito ay naglalarawan ng isang prusisyon sa templo. Maaaring ang arko, na dinala sa pakikipaglaban, ay naibalik.

Mayroong maraming mga pangkat na nabanggit o naipahiwatig sa maraming tao.

1. ang hari ng Israel bilang isang kinatawan ni YHWH, ang tunay Hari
2. mga Levitang mang-aawit at manunugtog
3. mga dalagang may tamburin (cf. Exodo 15:20; Mga Hukom 11:34; Jeremias 31:4)
4. ang tabingtatlong tribo na kinakatawan ng
   a. Benjamin
   b. Judah
   c. Zebulun
   d. Naphtali

**68:24**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"Kanilang nakita"** |
| **NRSV** | **"nakita"** |
| **TEV** | **"nakita ng lahat"** |
| **NJB** | **"para makita ng lahat"** |
| **JPSOA** | **"nakita ng tao"** |

Ang katanungan ay, sino ang nakakita? Ito ba ay nananambahang Israelita o lahat ng mga sumasalungat na bansa? Ang istropa ay nagpapahiwatig ng Israel ngunit ang Awit bilang kabuuan ay nagpapahiwatig ng "ang mga bansa" (cf. vv. 28-31, 32-35).

▣ **"lakad"** Ang terminong (BDB 237) ay ginamit lamang dito para sa

1. mga tao ng Israel dumarating sa templo
2. pagka-Diyos na dumarating sa templo

▣ **"aking hari"** Ang unang tiyak na pangkabanggit kay YHWH bilang Hari ay sa 1 Samuel 8:4-9.

▣ **"sanctuario"** Ang terminong ito (BDB 871) ay ginamit sa

1. mga lugar na na inihiwalay bilang banal sa presensiya ng Diyos
2. ang tabernakulo at ang mga looban ito
3. ang templo at mga nakapalibot nitong lugar
4. Herusalem at mga burol nito

**68:26 "Purihin ang Diyos"** Ito ay isang *Piel* PAUTOS. Ang Israel ay kailangang magpuri kay YHWH para sa Kaniyang katangian at Kaniyang mga pagkilos!

▣ **"bukal ng lahi ng Israel"** Ito ay isang natatanging parirala. Ito ay tila tumukoy sa pagtawag ni YHWH sa mga Patriyarka at Kaniyang pagkakasangkot sa kanilang mga baog na asawang babae nagkaroon ng mga anak. Ang tanging pahilis na maaaring kaagapay na sanggunian ay matatagpuan sa Isaias 48:1.

**68:27** Mayroong maraming haka-haka tungkol sa bakit tanging lang mga tribo ang nabanggit. Sa aking palagay ay may tatlong posibilidad.

1. sila ay kumakatawan sa buong Ipinangakong Lupain
   a. Judah at Benjamin ang timog (i.e., Judah)
   b. Zebulun at Naphtali ang hilaga (i.e., Israel)

2. sila ay kumakatawan sa mga asawa ni Jacob (i.e., pinagmulan ng 13 mga tribo)
    a. Rachel
        (1) Judah
        (2) Benjamin
    b. Leah – Zebulun
    c. Bilhah – Naphtali
    d. Zelph – walang nakatalang anak
3. sila ay kumakatawan sa pinakamaliit na angkan patungo sa pinakamalaki

▣ **"ang munti"** Ang MT ay may "pinakamunti sa kanila" (BDB 859 I). Ito'y maaaring managahulugang
1. si Benjamin ang pinakabatang anak ni Rachel
2. isang maliit na angkan, ngunit ang unang hari ng Israel, si Saul, ay nagmula dito

▣
**NASB "sa kanilang karamihang-tao"**
**NKJV "ang kanilang pulong"**
**NRSV "sa isang katawan"**
**TEV "kasama ang kanilang pangkat"**
**NJB "sa kanilang makukulay na kasuotan"**
**JPSOA "na nag-utos sa kanila"**

Ang MT ay may רגמתם (BDB 920), na maaaring tumukoy sa
1. רגם – pumatay sa pamamagitan ng pagbato ("tirador," מרגמה, BDB 920)
2. רגמה – tambak ng mga bato o kapal ng mga tao (BDB 920)
3. רגשה – karamihan ng tao (BDB 921)

Ang NJB ay iniwasto ang salita (1) sa ברקמתם, "pagbuburda" (BDB 140) o (2) "sari-saring kulay na bagay," קמהר (cf. Awit 45:13b-14a). Ang UBS Text Project (p. 293) ay binibigyaan ang "karamihan ng tao" ng isang "B" na antas (ilang pagduruda), ngunit ito ay hindi tiyak sa salitang-ugat (i.e., #2 o #3).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 68:28-31**
**28 Ang Diyos mo'y nagutos ng iyong kalakasan;**
**patibayin mo, Oh Diyos, ang ginawa mo sa amin.**
**29 Dahil sa iyong templo sa Herusalem**
**mga hari ay mangagdadala ng mga kaloob sa iyo.**
**30 Sawayin mo ang mga mailap na hayop sa mga puno ng tambo,**
**ang karamihan ng mga toro na kasama ng mga guya ng mga bayan,**
**na niyayapakan sa ilalim ng paa ang mga putol ng pilak;**
**iyong pinangalat ang mga bayan na nangagagalak sa pagdidigma..**
**31 Mga pangulo ay magsisilabas sa Egipto;**
**magmamadali ang Etiopia na igawad ang kaniyang mga kamay sa Diyos.**

**68:28-31** Ang istropang ito sa anumang paraan ay kaugnay sa paggapi ni YHWH sa Ehipto. Ito ay walang katiyakan kung ito ay ang Exodo o isang mas huling panghukbong pananakop.

Gayunman, sa pagkatalo ay dumarating ang isang kahanga-hangang handog na lumapit sa pagsamba kay YHWH sa Herusalem (cf. v. 31; Isaias 19:19-22; 45:14). Dito, ito ay pangkalahatang pagbibigay-diin (cf. vv. 32-35) na nauugnay sa Awit 65-68.

**68:28** Ang kapangyarihan/kalakasan (BDB 738) ay sa Diyos at Kaniyang ipinahayag ito sa kapakanan ng Kaniyang mga tao upang himukin ang mga bansa sa Kaniyang sarili.

**68:29**
**NASB,**
**NKJV,**
**NRSV "dahil"**
**TEV, NJB,**
**JPSOA "mula"**
**LXX "magdudulot ng"**
**NET Bibliya "gaya ng paglabas mo sa"**

Ang MT ay may isang PANG-UKOL na maaaring maunawaan sa maraming paraan. Ito ay tila pagkabanggit sa talata 1, kung saan si YHWH pumailanlang sa pagkilos sa kapakanan ng Israel sa pakikipaglaban.

**68:30 "sawayin"** Ito ay isang *Qal* PAUTOS (BDB 172, KB 199). Ang terminong ito ay ginamit sa kahatulan ng Diyos sa mga bansa sa Awit 9:5; Isaias 17:13. Ito ay tila ginamit dito sa Ehipto (cf. Ezekiel 29:3; 32:2; maaaring Isaias 27:1). Siya at ang mga bansa sa timog (i.e., Ethiopia/Cush) ay kapwa tiyakang pinangalanan sa talata 31.

Ang NET Bible (p. 934) ay isinalin ito bilang "sigaw ng digmaan."

▣
**NASB, NRSV "niyayapakan sa ilalim ng paa"**
**NKJV "hanggang ang bawat-isa ay nagpasakop"**
**TEV "hanggang silang lahat ay yumukod"**
**NJB "na yumuko"**
**JPSOA "hanggang sila ay sumuko"**

Ang MT ay may "tatakan," "yapakan," "narumihan dahil sa pagtatak/pagyapak" (BDB 952, KB 1279, cf. Kawikaan 25:26). Ang katulad na salitang-ugat (sa isang PAUTOS na anyo) ay nangangahulugang "magpagpakumbaba sa sarili." Maaaring kapwa mga kahulugan ay pagkabanggit sa Ezekiel 32:2 o 34:18, kung saan ito ay katulad na PANDIWA na ginamit sa Ehipto na ibinaba.

▣ **"mga putol ng pilak"** Muli, ang mga di-karaniwang salita o mga kasiraang tekstwal ay nagdudulot sa mga saling Ingles sa walang katiyakan.

Ang salita "mga putol," רץ, na inimumungkahi ng BDB ay nangangahulugang "piraso" o "bareta").

Maaaring iwasto ito sa בצר (BDB 131 I), na nangangahulugan na "mahalagang mineral" (cf. Job 22:24, cf. NIDOTTE, tomo 1, pp. 699-700), maaaring "ginto." Kung gayon, ang isang salin ng linya ng tulaan (v. 30c) ay "yumukod kasama ang ginto at pilak" (i.e., isang parangal kay YHWH).

**68:31**
**NASB,**
**NKJV,**
**REB, LXX "Mga pangulo ay magsisilabas sa Egipto"**
**NRSV "Hayaang ang tanso ay ilabas sa Egipto"**
**TEV "Ang mga embahador ay manggagaling sa Egipto"**
**NJB "mula sa Egipto ay lalabas ang mga maharlika"**
**JPSOA "ang mga tagapagdala ng parangal ay manggagaling sa Egipto"**

Ang UBS Text Project (p. 297) ay binibigyan ang "mga bagay ng tanso" (BDB 365) ng isang "B" na antas (ilang pagduruda). Ito ay makikita lamag dito sa OT. Ang iba pang mga salin ay sinusundan ang sinaunang mga salin at rabinikong pagbabaka-sakali.

Maaaring tingnan ang v. 30c at v. 31a,b bilang tumutukoy sa parangal dinadala sa Diyos ng mga

bansa sa Hilagang Aprika (JPSOA).

1. ginto
2. pilak
3. tanso

▣ **"magmamadali na igawad ang kaniyang mga kamay sa Diyos"** Ito ay umaakma sa kaunawaan ng naunang tala. Walang pangangailangan na iwasto PANDIWA na "nagmamadali" (BDB 930, KB 1207, *Hiphil* DI-GANAP) sa "iunat" (NEB) kapag ang MT ay isang wikain ng katulad na katotohanan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 68:32-35**

**32 Magsiawit kayo sa Diyos, kayong mga kaharian sa lupa,**
**Oh magsiawit kayo ng mga pagpuri sa Panginoon, Selah.**
**33 Sa kaniya na sumasakay sa langit ng mga langit, na noon pang una;**
**narito, binibigkas niya ang kaniyang tinig, na makapangyarihang tinig.**
**34 Inyong isa Diyos ang kalakasan;**
**ang kaniyang karilagan ay nasa Israel**
**at ang kaniyang kalakasan ay nasa mga langit.**
**35 Oh Diyos, ikaw ay kakilakilabot mula sa iyong mga dakong banal.**
**ang Diyos ng Israel, ay nagbibigay ng kalakasan at kapangyarihan sa kaniyang bayan.**
**Purihin ang Diyos!**

**68:32-35** Ang istropang ito ay pinapalakas ang pangkalahatang pagsamba kay YHWH sa Herusalem na binabanggit sa talata 31.

Pansinin ang MGA PAUTOS.

1. magsiawit sa Diyos – BDB 1010, KB 1479, *Qal* PAUTOS
2. magsiawit ng mga pagpuri sa Panginoon – BDB 274, KB 273, *Piel* PAUTOS
3. kinikilala ang kalakasan sa Diyos – BDB 678, KB 733, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 29:1-2; 1 Cronica 16:28-29

YHWH ay inilalarawan bilang

1. sumasakay sa langit ng mga langit (i.e., sa ulap na nagbibigay-ulan)
2. binibigkas niya ang kaniyang makapangyarihang tinig (i.e., kulog, cf. Isaias 30:30; Pahayag 11:19; 14:2; 16:17-18)
3. maharlika na nasa Israel
4. kaniyang kalakasan ay nasa mga langit.
5. kakilakilabot mula sa iyong templo
6. nagbibigay ng kalakasan at kapangyarihan sa kaniyang bayan
7. pinapupurihan nila

**68:33a** Ang paglalarawang ito ay bumabalik sa Deuteronomio 33:26 at pagkabanggit sa Awit 18:10, tingnan din ang v. 4b.

Ang "langit ng mga langit" ay nagpapakilala ng mga ulap ng lupa (cf. v. 34c), hindi ang pinananahanang lugar ng Diyos. Ang Kaniyang makapangyarihang tinig ay isang pagkabanggit sa paglalang sa pamamagitan ng isinawikang salita sa Genesis 1.

**69:35 "kakilakilabot"** Ang paglalarawang ito ay bumabalik sa Deuteronomio 7:21; 10:17, tingnan din ang Awit 47:2 at 66:5. Ito ay tumutukoy sa banal na katangian at mga gawa ni YHWH sa kasunduang pagpapalaya.

▣**“nagbibigay ng kalakasan at kapangyarihan sa kaniyang bayan”** Ito ay maaaring isa pang pagkabanggit sa

1. ang Exodo
2. ang mga Paglalagalag sa Ilang
3. ang Pagsakop ng Canaan
4. Kaniyang nagpapatuloy na presensiya sa Israel

# AWIT 69

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Iyaw ng Pagkabalisa at Pagsumpa sa mga Kaaway<br><u>Panimula sa MT</u><br>Para sa punong mang-aawit; may kwerdas na mga instrumento. Ayon kay Shoshannim. Isang *Awit* ni David. | Isang Madaliang Pagsamo sa Paghingi ng Tulong sa Gulo | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa Personal na Kaaway | Isang Iyak sa Paghingi ng Tulong | Panaghoy |
| 69:1-4 | 69:1-3 | 69:1-3 | 69:1-3 | 69:1 |
| | | | | 69:2 |
| | | | | 69:3 |
| | 69:4 | 69:4 | 69:4 | 68:4 |
| 69:5-12 | 69:5-12 | 69:5 | 69:5-8 | 69:5 |
| | | 69:6-8 | | 69:6a,b |
| | | | | 69:6c,d |
| | | | | 69:7-9 |
| | | 69:9-12 | 69:9-12 | |
| | | | | 69:10-12 |
| 69:13-15 | 69:13-15 | 69:13-15 | 69:13-15 | 69:13 |
| | | | | 69:14-15 |
| 69:16-19 | 69:16-18 | 69:16-18 | 69:16-18 | 69:16-18 |
| | 69:19-21 | 69:19-21 | 69:19-21 | 69:19-20 |
| 69:20-21 | | | | |
| | | | | 69:21-23 |
| 69:22-28 | 69:22-28 | 69:22-29 | 69:22-28 | |
| | | | | 69:24-26 |
| 69:29-33 | 69:29-33 | | 69:29-33 | |
| | | | | 69:27-28 |
| | | | | 69:29-31 |
| | | 69:30-33 | | |
| | | | | 69:32-34 |
| 69:34-36 | 69:34-36 | 69:34-36 | 69:34-36 | |
| | | | | 69:35-36 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na

mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang Awit na ito ay gumagamit ng dalawang pinakakaraniwang mga pangalan para sa Diyos.
   1. *Elohim* (i.e., isang titulo na tumutuon sa pagka-Diyos bilang manlilikha, taga-pagpatuloy, at taga-pagtaguyod ng lahat ng buhay sa planetang ito) – vv. 1,6,13,29,30,32,35 (isa ding ibang anyo sa v. 3, "Diyos" [*Eloah*] at v. 6, "Diyos" [*Eloah*] ng Israel")
   2. YHWH (i.e., isang titulo na tumutuon sa pagka-Diyos bilang tagapagligtas, manunubos, Diyos na gumagawa ng kasunduan)
      a. Panginoon ng mga Hukbo (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1), v. 6
      b. YHWH, vv. 13,16,31,33

B. Ang salmista ay nararamdaman ang pagkahiwalay mula sa buhay, pamilya, at mga kaibigan (cf. v. 8) dahil ng kaniyang pagtitiwala sa Diyos (cf. v. 9).
   Ginagamit ni Hesus ang Awit na ito upang ilarawan Kaniyang sariling mga nararamdamang pagtanggi ng kapwa mga Hudyo. Ang pagkakaiba ay, ang salmista ay nagnanais ng paghihiganti at kahatulan (cf. Awit 69:22-28), ngunit si Hesus ay humihingi ng kapatawaran para sa Kanyang taga-usig batay sa kanilang kamangmangan (cf. Lucas 23:34).

C. Ang Awit na ito ay may maraming mga panalangin, ang ilang ay bilang MGA PAUTOS at ang ilang ay bilang MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (tingnan ang tala sa talatang 6).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 69:1-4**
**1 Iligtas mo ako, Oh Diyos,**
**sapagka't ang tubig ay tumabon sa aking kaluluwa.**
**2 Ako'y lumulubog sa malalim na burak na walang tayuan;**
**ako'y lumulubog sa malalim na tubig, na tinatabunan ako ng agos.**
**3 Ako'y hapo sa aking daing; ang lalamunan ko'y tuyo;**
**ang mga mata ko'y nangangalumata habang hinihintay ko ang aking Diyos.**

**[4]Silang nangagtatanim sa akin ng walang anomang kadahilanan**
**ay higit kay sa mga buhok ng aking ulo;**
**silang ibig maghiwalay sa akin, na mga kaaway kong may kamalian,**
**ay mga makapangyarihan;**
**akin ngang isinauli ang hindi ko kinuha.**

**69:1-4** Ang istropang ito ay isang panalangin para sa pagpapalaya (BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS) na gumagamit ng maraming mga talinghaga ng pagkabalisa.

1. ang tubig ay tumabon sa aking kaluluwa (cf. v. 2b; Awit 32:6)
2. lumulubog sa malalim na burak (cf. Awit 40:2)
3. walang tayuan (BDB 765, tanging dito sa OT, katulad sa paglalarawan sa Awit 40:2)

Inuulit niya ang panalanging ito sa mga talata 14-15. Ang mga Hudyo ay nabubuhay sa mga halos tigang na lupa at walang tubig. Kahit na si Solomon ay pinatakbo ang kaniyang armada kasama ang mga taga-Fenecia, hindi mga Hudyo. Ang Palestina ay kilala sa mga mapanganib na baha tuwing tag-ulan.

**69:1 "kaluluwa"** Ito ay sa literal ay *nephesh* (BDB 659). Tingnan ang tala sa Awit 3:2. Dito, ito ay nangangahulugang "leeg," ngunit kung gayun nga, ito ay di-karaniwan (maaari, tingnan sa Jonas 2:5).

**69:2-3** Ang lawak ng paglalarawan ay makikita sa kabaliktaran sa pagitan ng labis-labis na tubig sa talata 2 at isang tigang na lalamunan sa talata 3 (BDB 359, ang salita lamang dito sa OT, cf. NIDOTTE, tomo 2, p. 295). Ang tubig ay isang makapangyarihang larawan.

1. mga tubig ng paglalang
2. baha
3. kinakailangang taunang ulan
4. luha
5. pangangailangang sa buhay at kalusugan

**69:3-4** Ang talata 3 ay matalinghagang wikain ng paglalarawan ng kalungkutan at pagtangis sa kalagayan na kinakasangkutan ng salmista (cf. vv. 10-11). Ang kalagayang iyon ay inilalarawan sa talata 4.

1. maraming tao (i.e., kaniyang mga tao) ay napopoot sa kaniya ng walang dahilan (cf. Juan 15:25)
2. nais nilang wasaking/patayin siya
3. sila ay makapangyarihang mga tao (cf. v. 12)

Ang salmista ay nagpapahayag na ang kanilang pagkagalit at mga pag-atake ay walang dahilan (cf. v. 4c). Ginagamit niya ito bilang isang paraan ng pagpapakilala sa kaniyang kawalang-kasalanan sa lahat ng bahagi ng Mosaikong kasunduan. Hindi niya inaangkin ang kawalang-kasalanan (cf. v. 5). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 18:20-24.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 69:5-12**
**[5]Oh Diyos, kilala mo ang kamangmangan ko,**
**at ang mga kasalanan ko'y hindi lihim sa iyo.**
**[6]Nawa, huwag mangapahiya dahil sa akin ang nangaghihintay sa iyo,**
**Oh PANGINOONG Diyos ng mga hukbo,**
**huwag mangalagay sa kasiraang puri dahil sa akin ang nagsisihanap sa iyo,**
**Oh Diyos ng Israel,**
**[7]Sapagka't dahil sa iyo ay nagdala ako ng kadustaan;**
**kahihiyan ay tumakip sa aking mukha.**
**[8]Ako'y naging iba sa aking mga kapatid,**
**at taga ibang lupa sa mga anak ng aking ina.**
**[9]Sapagka't napuspos ako ng sikap sa iyong bahay,**

**at ang mga pagduwahagi nila na nagsisiduwahagi sa iyo ay nangahulog sa akin.**
**10 Pag umiiyak ako at pinarurusahan ko ng pagaayuno ang aking kaluluwa,**
**yao'y pagkaduwahagi sa akin.**
**11 Nang magsuot ako ng kayong magaspang,**
**ay naging kawikaan ako sa kanila.**
**12 Pinag-uusapan ako nilang nangauupo sa pintuang-bayan,**
**at ako ang awit ng mga lango.**

**69:5-12** Ang istropang ito ay naglalarawan ng kalagayan ng lahat ng mga mananampalataya. Nalalaman natin na tayo ay makasalanan (v. 5) ngunit hinahangad nating mamuhay ng maka-Diyos na buhay (cf. v. 9a). Sa liwanag ng pag-iigting na ito, ang salmista ay may maraming kahilingan.

1. Huwag mangapahiya dahil sa akin ang nangaghihintay (i.e., pagtitiwala) sa iyo
2. huwag mangalagay sa kasiraang puri dahil sa akin ang nagsisihanap sa iyo

Ang salmistang ito ay matapang na ipinapahayag na ang kaniyang mga suliranin ay hatid ng pananampalataya kay YHWH (cf. vv. 7,9). Sa aspetong ito ng Awit na ginawa itong isang sakdal na pagkabanggit para kay Hesus (cf. Juan 2:17). Gayundin kay Pablo, sa taga-Roma 15:3, ay idinadagdag ang panghaliling aspeto (cf. Isaias 53; Marcos 10:45) mula sa v. 9b kay Hesus.

**69:5 "at ang mga kasalanan ko'y hindi lihim sa iyo"** Tingnan ang tala sa Awit 44:21.

**69:6 "Nawa. . ."** Ito ay ang unang sa kalipunan ng MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Ang Awit na ito ay maraming ganito.

1. nawa. . .huwag mangapahiya, v. 6 – BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP
2. nawa. . .huwag mangalagay sa kasiraang puri, v. 6 – BDB 483, KB 480, *Niphal* DI-GANAP
3. nawa. . .Huwag akong tangayin ng baha, v. 15 – BDB 1009, KB 1474, *Qal* DI-GANAP
4. nawa. . .hindi akong lamunin, v. 15 – BDB 118, KB 134, *Qal* DI-GANAP
5. nawa. . . huwag takpan ang kaniyang bunganga sa akin, v. 15 – BDB 32, KB 37, *Qal* DI-GANAP
6. nawa. . .kanilang lalang. . .ang kanilang dulang, v. 22a – BDB 224, KB 243, *Qal* PANGKAUTUSAN
7. *nawa maging* isang silo, v. 22b – pinagpapalagay mula sa #6
8. nawa manglabo ang kanilang mga mata, na sila'y huwag makakita, v. 23 – BDB 364, KB 361, *Qal* DI-GANAP
9. nawa datnan sila ng kabangisan ng iyong galit, v. 23 – BDB 673, KB 727, *Hiphil* DI-GANAP
10. nawa magiba ang tahanan nila, v. 25 – BDB 224, KB 243, *Qal* PANGKAUTUSAN
11. nawa walang tumahan sa kanilang mga tolda, v. 25, – tulad ng #10
12. nawa huwag silang masok sa iyong katuwiran, v. 27 – BDB 97, KB 112, *Qal* DI-GANAP
13. nawa mapawi sila sa aklat ng buhay, v. 28 – BDB 562, KB567, *Niphal* DI-GANAP
14. nawa huwag masulat na kasama ng matuwid, v. 28 – BDB 507, KB 503, *Niphal* DI-GANAP
15. nawa sa pamamagitan ng pagliligtas mo ay iahon mo nawa ako, v. 29 – BDB 960, KB 1305, *Piel* DI-GANAP (na ginamit sa isang positibo na kaunawaan)
16. Purihin siya ng langit at lupa, ng mga dagat, v. 34 – BDB 237, KB 248, *Piel* DI-GANAP (na ginamit sa isang positibo na kaunawaan)

Ang lahat ng mga tio (maliban sa #15 at 16) ay naghahayag ng mga panalangin ng salmista para sa Diyos upang kumilos laban sa kaniyang mga kaaway. Ito ang elemento ng Awit na di-makikita sa paggamit nisa Hesus ng Awit na ito mula sa ang krus.

**69:10-11** Ang totoong mga gawa ng panalangin at pakumbabaan ng salmista ay naging "isang pagsisi" (BDB 357), "isang kawikaan" (BDB 605) sa kaniyang makapangyarihang mga kaibigan (i.e., "silang nangauupo sa pintuang-bayan," v. 12a), gayundin naman ang mga lango (v. 12b).

▣ **"pag-aayuno. . .kayong magaspang"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kagawian sa pagdadalamhati sa Awit 30:11.

Pansinin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga tao ng mga talata 5-12.

1. ang maka-Diyos na manunulat na naglilingkod sa Diyos sa panalangin, pag-aayuno, at paggawa
2. ang di-maka-Diyos sa pintuang-bayan (i.e., lugar ng pamumuno) na minamaliit ang kaniyang debosyon at gumagawa ng mga awiting panglasing

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 69:13-15**

**13 guni't tungkol sa akin, ang dalangin ko'y sa iyo, Oh Panginoon,**
**sa isang kalugodlugod na panahon;**
**Oh Diyos, sa karamihan ng iyong kagandahang-loob,**
**Sagutin mo ako ang iyong nagliligtas na katotohanan.**
**14 Iligtas mo ako sa burak, at huwag mo akong ilubog;**
**maligtas ako sa kanila na nangagtatanim sa akin, at sa malalim na tubig.**
**15 Huwag akong tangayin ng baha,**
**ni lamunin man ako ng kalaliman,**
**at huwag takpan ng hukay ang kaniyang bunganga sa akin.**

**69:13-15** Ang salmista ay nagpapatuloy sa kaniyang mga panalangin. Sila ay nagpapahayag

1. kay YHWH
2. sa isang karapat-dapat na panahon

Pansinin ang pagtitiwala ng salmista kay YHWH kahit na sa gitna ng kaniyang mga panahon ng kaguluhan at kabatiran na sa nararapat na panahon, Siya ay tutugon at magliligtas (cf. Awit 32:6; Isaias 49:8; 2 taga-Corinto 6:2). Mayroong isang nararapat na panahon (cf. Ecclesiastes 3:1-8).

Ang salmista ay nagtitiwala kay YHWH na

1. kagandahang-loob (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 5:7), v. 13b
2. katapatan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1), v. 13c

Pansinin ang dalawang MGA PAUTOS.

1. sagutin ako – BDB 722, KB 851, *Qal* PAUTOS, v. 13c
2. iligtas ako – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS, v. 14a

Mga talata 14-15 ay naglalarawan ng paghahangad ng salmista na mapalaya.

1. huwag mo akong ilubog (cf. vv. 1-2). Mayroong iba't-ibang pag-aanalisa ng salita sa
   a. *Analytical Key to OT*, ni John Owens, na kinikilala ito bilang isang *Qal* PAUTOS (p. 374)
   b. *OT Parsing Guide*, nina Beall, Banks at Smith, na kinikilala ito bilang isang *Qal* PANGPANGKAT (p. 439)
2. maligtas ako sa kanila. . . Mayroong isang iba't-ibang pag-aanalisa ng salita sa
   a. *Analytical Key – Niphal* DI-GANAP (p. 374)
   b. *Parsing Guide – Niphal* PANGPANGKAT (p. 439)

Ang salmista ay inilalarawa ang kaniyang mga kaaway bilang "kaniyang mga kaaway" at "mga malalim na lugar ng tubig" (v. 14b). Mga talata 14 at 15 ay ginamit ang katulad na paglalarawan sa vv. 1-2 (cf. Awit 124:4-5; Isaias 43:2).

**69:15c "ang hukay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay? sa Awit 1:6, lalo na ang, *Sheol*, ang lugar na tinitipon ang mga patay na kadalasan magkakaagapay sa "ang hukay" (cf. Bilang 16:33; Awit 28:1; 88:3-4; Kawikaan 1:12). Ito ay maaaring tumukoy sa libingan (cf. Awit 141:7).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 69:16-19**

**16 Sagutin mo ako, Oh PANGINOON; sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay mabuti;**
**ayon sa karamihan ng iyong mga malumanay na kaawaan ay bumalik ka sa akin,**
**17 At huwag mong ikubli ang iyong mukha sa iyong lingkod,**
**sapagka't ako'y nasa kahirapan; sagutin mo akong madali.**
**18 Lumapit ka sa aking kaluluwa, at tubusin mo;**
**Iligtas mo ako dahil sa aking mga kaaway!**
**19 Talastas mo ang aking kadustaan, at ang aking kahihiyan, at ang aking kasiraang puri;**
**ang aking mga kaaway, ay pawang nangasa harap mo.**

**69:16-19** Ang istropang ito ay ipinapakilala sa pamamagitan ng MGA PAUTOS na pakiusap.

1. sagutin ako, v. 16 – BDB 772 I, KB 851, *Qal* PAUTOS
2. bumalik sa akin, v. 16 – BDB 815, KB 937, *Qal* PAUTOS (cf. Awit 27:9; 102:2; 143:7)
3. madali (sa literal ay apurahin), v. 17 – BDB 554, KB 553, *Piel* PAUTOS
4. sagutin ako, v. 17 – tulad ng #1
5. lumapit sa akin, v. 18 – BDB 897, KB 1132, *Qal* PAUTOS
6. tubusin ako, v. 18 – BDB 145 I, KB 165, *Qal* PAUTOS
7. iligtas ako, v. 18 – BDB 804, KB 911, *Qal* PAUTOS (tingnan ang Natatanging Paksa: Pangtubos/ Katubusan sa Awit 19:14)

Pansinin na ang batayan para sa mga kahilingan sa panalangin ay:

1. kagandahang-loob ni YHWH (BDB 338) ay mabuting, v. 16
2. ang dakilang kahabagan ni YHWH (sa literal ay "mga awa," BDB 933), v. 16
3. nalalaman ni YHWH ang kalalagayan ng salmista, v. 19
   a. ang puso ng salmista
   b. ang mga puso ng mga kaaway

**69:17 "iyong lingkod"** Ito ay maaaring mangahulugang

1. isang natatanging pinuno, tulad nina Moises, Joshue
2. isang sanggunian kay David o sa kaniyang mga maharlikang inaanak (i.e., lalo na ang Mesias)
3. ang natatanging Lingkod ng pang-Mesias na mga tulo sa Isaias 40-55
4. isang titulo lamang para sa isang pangkasunduang mananampalataya (cf. v. 36)

**69:19** Karamihan sa mga saling Ingles ay nakikita ang v. 19 bilang kasama ng vv. 20-21.

Pansinin ang silanganing pananaw ng buhay na binibigyang-diin sa dangal ng isang tao.

1. Kaduwahagihan – BDB 357, cf. v. 20
2. kahihiyan – BDB 102
3. kasiraang-puri – BDB 484

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 69:20-21**

**20 Kaduwahagihan ay sumira ng aking puso; at ako'y lipos ng kabigatan ng loob.**
**at ako'y naghintay na may maawa sa akin, nguni't wala,**
**at mga mangaaliw, nguni't wala akong masumpungan.**
**21 Binigyan naman nila ako ng pagkaing mapait,**
**at sa aking kauhawan ay binigyan nila ako ng suka na mainom.**

**69:20-21** Ang Hebreong salita para sa "apdo" (v. 21) ay "lason" (BDB 912 II), ngunit maaaring tumukoy sa masamang alak (cf. Deuteronomio 32:32). Ito ang binago ng LXX mula sa "apdo" patungo sa "kapaitan" (luntian – *cholē*). Sa kontekstong ito, ang "lason" at "suka" ay tumutukoy sa pag-aalipusta sa salmista ng mga kalaban (i.e., kasama sa kasunduan, malapit na kaibigan, at pamilya, cf. v. 8).

Ang istropang ito ay sinipi sa Mateo 27:34 bilang na natupad sa pagpapapako sa krus ni Hesus. Ang talata 21b ay pagkabanggit sa Marcos 15:23; Lucas 23:36; Juan 19:28-30. Ang Awit na ito sa Awit 22 ay ang dalawang pagkabanggit sa OT at mga sipi na ginamit sa NT sa pagpapapako sa krus ni Hesus.

Ang Awit na ito ay hindi mahuhulaan ngunit tipolohiko. Tingnan ang mga tala sa Awit 22. Mga talata 22-28 ay hindi umaakma sa mga saloobin o mga salita ni Hesus mula sa krus.

**69:20 "ako'y lipos ng kabigatan ng loob"** Ang pandiwang ito (BDB 633, KB 683) ay matatagpuan lamang dito OT. Ang BDB ay nagmumungkahi ng "sakit" ngunit KB ay nagmumungkahi ng "walang lunas"; NJB ay may "nakalipas na paggaling." Maaaring ito ay nangangahulugang "sa kawalan ng pag-aasa" (cf. NRSV, TEV, JPSOA). Kung "sakit," ang v. 29 ay isang pagkakaagapay.

**69:21 "suka"** Ang terminong ito (BDB 330) ay tumutukoy sa isang mumurahing alak (cf. Bilang 6:3). Tingnan ang Natatanging Paksa: Alkohol at Pagkagumon sa Alkohol sa Awit 4:7.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 69:22-28**

**22 Maging lalang sa harap nila ang kanilang dulang;**
**at maging isang silo kung sila'y nasa kapayapaan.**
**23 Manglabo ang kanilang mga mata, na sila'y huwag makakita,**
**at papanginigin mong palagi ang kanilang mga balakang.**
**24 Ibugso mo ang iyong galit sa kanila,**
**at datnan sila ng kabangisan ng iyong galit.**
**25 Magiba ang tahanan nila;**
**walang tumahan sa kanilang mga tolda.**
**26 Sapagka't kanilang hinabol siya na iyong sinaktan,**
**at sinaysay nila ang damdam niyaong iyong sinugatan.**
**27 At dagdagan mo ng kasamaan ang kanilang kasamaan,**
**at huwag silang masok sa iyong katuwiran.**
**28 Mapawi sila sa aklat ng buhay,**
**at huwag masulat na kasama ng matuwid.**

**69:22-28** Ang istropang ito ay tinatalakay ang mga kahilingan ng salmista sa kung ano ang gagawin ni YHWH kaniyang mga kaaway. Tingnan ang mga tala sa v. 6 (MGA DI-GANAP ginamit bilang MGA PANGKAUTUSAN). Mayroong

1. tatlong MGA PANGKAUTUSAN
2. limang MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
3. dalawang MGA PAUTOS
   a. papanginigin mong palagi ang kanilang mga balakang – BDB 588, KB 609, *Hiphil* PAUTOS (ito ay ang patulang kabaliktaran ng v. 29b)
   b. ibugso mo ang iyong galit sa kanila – BDB 1049, KB 1629, *Qal* PAUTOS

**69:22** Ang talatang ito ay sinipi sa taga-Roma 11:9-10, na may kaugnayan sa di-nananampalatayang Israel.

Ang talata 25 ay sinipi sa Mga Gawa 1:20 tungkol sa "Bukid ng Dugo" na binili ng mga saserdote ng pagtataksil na salapi kay Hudas.

Talata 27a ay maaaring binanggit sa taga-Roma 1:28, na tumutukoy sa pagkamakasalanan ng lahat ng sangkatauhan (cf. taga-Roma 3:9-18, 23).

▣
**NASB "kung sila'y nasa kapayapaan"**

**NKJV "kanilang kapakanan"**
**TEV "banal na mga pista"**
**NJB "kanilang kasaganahan"**
**REB "kapag naramdaman nila ang kapanatagan"**

Ang MT ay may "katiwasayan" (BDB 1022) ngunit ang mga Aramaikong Targum ay may "mga pista ng pagsakripisyo" (cf. NRSV, TEV). Ang NRSV binago ito "isang patibong para sa kanilang kasamahan" (cf. JPSOA) na ginagamit ang isang wikain sa Awit 55:20 (i.e., mga malapit na kaibigan).

**69:25** Ito ay paglalarawan mula sa Yugto ng Paglalagalang sa Ilang.

**69:26** Ang talatang ito ay tila ay naglalarawan ng Isaias 53:4 at 10 (cf. 2 taga-Corinto 5:21).

Ang PANDIWA na anyo (BDB 319) ng PANGNGALAN isinaling "nasugatan" na makikita Isaias 53:5 (BDB 319, KB 320, *Poal* PANDIWARI). Ang PANDIWA na "sinaktan" (BDB 645, KB 697, *Hophal* PANDIWARI) ay makikita rin sa Isaias 53:4.

Ang mga talata 21 at 26 ay tiyakang ay magdudulot sa mga manunulat ng Ebanghelyo na tingnan ang kaugnayan!

**69:28** Sa ANE, ang mga pangalan ng mamamayan ng isang lungsod ay nakatala sa isang talaan. Ang Bibliya ay ginagamit ang paglalarawang ito upang ipakilala ang kaalaman ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Dalawang Aklat sa Awit 9:5.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 69:29-33**

**29 Nguni't ako'y dukha at mapanglaw;**
**sa pamamagitan ng pagliligtas mo, Oh Diyos, ay iahon mo nawa ako.**
**30 Aking pupurihin ng awit ang pangalan ng Diyos**
**at dadakilain ko siya ng pasalamat.**
**31 At kalulugdan ng Panginoon na higit kay sa isang baka,**
**o sa toro na may mga sungay at mga paa.**
**32 Nakita ng mga maamo, at nangatuwa;**
**mabuhay ang puso, ninyong nagsisihanap sa Diyos.**
**33 Sapagka't dinidinig ng PANGINOON ang mapagkailangan,**
**at hindi hinahamak ang kaniyang mga bilanggo.**

**69:29-33** Ang istropang ito ay naglalarawan sa kung anong gagawin ng napalayang salmista dahil ang kaligtasan ni YHWH ay naitagalaga sa kaniya nang may katiyakan sa kaitaasan.

1. Aking pupurihin ng awit ang pangalan ng Diyos
2. dadakilain ko siya ng pasalamat

Ito ay nagpapahiwatig ng isang kalalagayan sa tempo, gaya ng sa talata 31 (isang pag-aalay). Ang talata 9 ay isa ring pagkabanggit sa templo (i.e., "Iyong bahay" at "napuspos bilang isang pag-aalay na apoy").

Ang pagpapalaya ni YHWH sa salmistang pinaratangan ng mali at inabusa ay nagdulot sa iba magalak at magtitiwala sa Kaniya (cf. vv. 32-33).

**69:29 "dukha"** Mula sa terminong ito (BDB 776) at ang di-karaniwan salita sa v. 20, "kabigatan ng loob" o "sa kawalang-pag-asa," maraming tagapagpaliwanag ang nagpapahayag na ang salmista ay may sakit, ngunit sa aking palagay, ang konteksto ay nagpapakilala ng pag-uusig at sikolohikong pagkabalisa, hindi pisikal na sakit, bagaman sila ay kadalasan konektado (i.e., sanhi at bunga).

Ito rin na maaaring talinghaga ng pagkakasakit ay ginamit bilang isang pang paraan ng panindigan

sa kaunawaan ng kasalanan ng salmista (cf. 69:5). Ang pagpapagaling ay kadalasang isang wikain para sa kapatawaran (cf. Awit 103:3; Isaias 1:5-6).

**69:31** Ang talatang ito ay ginamit sa teolohiya ng Judaismo pagkatapos ng A.D. 70 para sa paghalili ng "pagpuri" para sa "pag-aalay" (cf. Awit 40:7; 50:13-14; 51:16-17). Ang pagpuri'y nakakalugod sa Diyos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 69:34-36**

**34 Purihin siya ng langit at lupa,**
**ng mga dagat, at ng bawa't bagay na gumagalaw roon.**
**35 Sapagka't ililigtas ng Diyos ang Sion, at itatayo ang mga bayan ng Juda,**
**at sila'y magsisitahan doon, at tatangkilikin nila na pinakaari.**
**36 Mamanahin naman ng binhi ng kaniyang mga lingkod,**
**at silang nagsisiibig ng kaniyang pangalan ay magsisitahan doon.**

**69:34-35** Gaya ng lubhang kadalasan sa Awit, mayroong pangwakas na maliit na istropa gunamit ng pangmaramihan pagsamba (i.e., Awit 103:19-22). Ang Diyos ng paglalang ay ang Diyos ng Israel rin, na nanananahan sa Sion/Judah kasama ang Kaniyang mga tao. Sila ay ipinapakilala bilang

1. ang binhi ng Kaniyang mga lingkod
2. silang nagsisiibig ng kaniyang pangalan

Kung ang Awit na ito ay sa panahon ni David, ito ay dapat "Israel," hindi "Judah," kaya alinman na

1. Hindi si David ang sumulat nito (i.e., hindi magtitiwala sa mga titulo ng Awit; sila ay di makikita sa Dead Sea Scrolls at kadalasang hindi tumutugma sa nilalaman ng teksto ng Awit)
2. ang ilan ay idinagdag ang huling istropa pagkatapos, maaaring pagkatapos ng isang pagpapatapon.

**69:34 "langit at lupa. . .mga dagat"** Ang tatlong MGA PANGNGALAN ay ginamit upang ipakilala ang lahat ng nilalang (cf. Exodo 20:4,11; Deuteronomio 5:8; Awit 96:11; 135:6; 146:6; Hag. 2:6).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang mga lugar sa Awit na ito na sinipi sa NT.
2. Bakit sinipi ito nang lubang kadalasan?
3. Ang kaibahan ng mga damdaming naihayag sa Awit sa saloobin ni Hesus?
4. Itala ang mga talata na tila na nagtuturo patungo sa Isaias 53.
5. Ipaliwanag ang simbolismo ng tubig na ginamit sa Awit na ito.
6. Ang pangmaramihan bang pagwawakas ay isang nahuling pagdaragdag? Kung gayon, ito ba kinasihan?

# AWIT 70

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Paghingi ng Tulong laban sa Taga-usig<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit. Isang *Awit* ni David; para sa isang pag-alaala. | Panalangin para sa Paggin-hawa mula sa mga Kaaway | Isang Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa Personal na Kaaway | Isang Panalangin para sa paghingi ng Tulong | Isang Sigaw ng Pagkabalisa |
| 70:1-3 | 70:1-3 | 70:1-3 | 70:1-3 | 70:1-2b |
| | | | | 70:2c-3 |
| 70:4-5 | 70:4 | 70:4-5 | 70:4 | 70:4 |
| | 70:5 | | 70:5 | 70:5 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Pansinin ang *Qal* PAUTOS na "magmadali" (BDB 301, KB 300) ay binubuksan (cf. v. 1b) at sinasara (cf. v. 5b) ang Awit (i.e., *inclusio*). Ang PANDIWA na ito ay inulit sa Awit 22:19; 38:22; 40:13,17; 71:12.

B. Pansinin ang bilang ng MGA DI-GANAP na ginamit bilang MGA PANGKAUTUSAN (tingnan ang pagkakaagapay).
   1. Negatibo

a. silang mangapahiya, v. 2a – BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 35:4; 83:17
b. silang mangalito, v. 2a – BDB 344, KB 340, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 40:14
c. silang mangapatalikod, v. 2c – BDB 690, KB 744, *Niphal* DI-GANAP
d. silang mangadala sa kasiraang puri, v. 2c – BDB 483, KB 480, *Niphal* DI-GANAP
e. silang mangapatalikod, v. 3a – BDB 996, KB 1427, *Qal* DI-GANAP

2. Positibo
a. mangagalak sa iyo ang lahat na nagsisihanap sa iyo, v. 4 – BDB 965, KB 1314, *Qal* DI-GANAP
b. mangatuwa sa iyo ang lahat na nagsisihanap sa iyo, v. 4 – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP
c. magsabing lagi yaong umiibig ng iyong kaligtasan. . .," v. 4b – BDB 55, KB 65, *Qal* DI-GANAP
d. dakilain ng Diyos, v. 4c – BDB 152, KB 178, *Qal* DI-GANAP
e. huwag kang magluwat, v. 5d – BDB 28, KB 34, *Piel* DI-GANAP

C. Pansinin ang kahanga-hanga kasingkahulugang pagkakaagapay ng Awit.

D. Ang Awit na ito ay inulit na may ilang pagkakaiba sa Awit 40:13-17, maliban sa talata 3a.
1. Awit 70:3, "mangapatalikod" (BDB 690 I)
2. Awit 40:15, "mangilabot" (BDB 1030)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 70:1-3**
**[1]Magmadali ka, Oh Diyos, na iligtas mo ako**
**magmadali ka na tulungan mo ako, Oh PANGINOON!**
**[2]Hayaang mangapahiya at mangalito sila,**
**na nagsisiusig ng aking kaluluwa;**
**mangapatalikod sila at mangadala sa kasiraang puri**
**Silang nangaliligaya sa aking kapahamakan.**
**[3]Mangapatalikod sila dahil sa kanilang kahihiyan**
**Silang nangagsasabi, "Aha, aha!"**

**70:1** Ang NASB ay pinagpapalagay na ang *Qal* PAUTOS ay ginamit nang dalawang beses (cf. Awit 22:19; 38:22; 40:13; 71:12; 141:1) at may magkakaagapay na MGA LAYON (cf. v. 5).
1. iligtas ako
2. tulungan ako

Pansinin din na ang Diyos (*Elohim*) ay magkakaagapay sa PANGINOON (YHWH), gaya ng sa talata 5. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:1.

**70:2 "Hayaang. . ."** Ito ay ang paraan sa Ingles na ipakilala ang PANGKAUTUSAN NG KAHILINGAN. Tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, B.

▣ **"nagsisiusig"** Ang MAKADIWA na ito (BDB 134, KB 152, *Piel* PANDIWARI) ay makikita sa mga talata 2 at 4. Ito ay naglalarawan ng dalawang uri ng tao.
1. sa kanilang nag-uusig sa iba upang makuha ang kanilang paraan
2. sa kanilang naghahanap sa Diyos

**70:2-3 "silang. . ."** Silang sumasalungat sa salmista ay ipinapakilala sa tatlong magkakaagapay na mga parilala.

1. na nagsisiusig ng aking kaluluwa (sa literal ay *nephesh*)
2. na nangaligaya sa aking kapahamakan
3. na nagsasabing, “Aha, aha”

Ang huling ito ay nagpapakilala isang karaniwang OT pamamaraan ng pampanitikan na tinatawag na “pagpaliktad.” Ang ninanais nilang mangyari sa maka-Diyos na salmista, ay nangyari sa kanila!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 70:4-5**
**4 Mangagalak at mangatuwa sa iyo ang lahat na nagsisihanap sa iyo;**
**at magsabing lagi yaong umiibig ng iyong kaligtasan:**
**“Dakilain ang Diyos.”**
**5 Nguni't ako'y dukha at mapagkailangan;**
**magmadali ka sa akin, Oh Diyos!**
**ikaw ay aking katulong at aking tagapagligtas;**
**Oh Panginoon, huwag kang magluwat.**

**70:4 “nagsisihanap sa iyo”** Ito ay isang OT wikain para sa isang personal na pananampalatayang pakikipag-ugnayan sa Diyos na ipinapakilala sa pamamagitan ng

1. pagsamba sa templo
2. kasunduang pagsunod

Ang huling linya ng talata 4 ay maaring liturhiya templo.

**70:5** Pansinin na ang dalawang konsepto ng “pagligtas” at “pagtunong” ng talata 1 ay inulit (magkaiba ngunit kasingkahulugang PANDIWA para sa “pagligtas”).

▣ **“ako'y dukha at mapagkailangan”** Ang salmista ay ipinapakilala kaniyang sariling inaakalang kalagayan. Ang Diyos ay dakila (v. 4) ngunit siya ay nasasaktan. Siya ay nagsasamo sa Diyos sa dumating sa kaniyang pagsaklolo nang daglian.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang Awit 70 ay matatagpuan din sa Awit 40:13-17?
2. Ipaliwanag sa iyong sariling mga salita ang pampanitikan konsepto ng “pagpaliktad.”
3. Ano ang ipinapahiwatig ng pangalan para sa pagka-Diyos, *Elohim* at YHWH?

# AWIT 71

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin ng isang Matanda para sa Pagpapalaya<br>Walang Panimula sa MT | Diyos ang Bato ng Kaligtasan | Isang Panalangin ng isang Matandang Sumasamba para Pagpapalaya mula sa Personal na mga Kaaway | Ang Panalangin ng isang Nakatatanda | Isang Panalangin ng Katan-daan |
| 71:1-6 | 71:1-3 | 71:1-3 | 71:1-3 | 71:1-2 |
| | | | | 71:3-4 |
| | 71:4-6 | 71:4-6 | 71:4-6 | |
| | | | | 71:5-6 |
| 71:7-11 | 71:7-8 | 71:7-11 | 71:7-11 | 71:7-8 |
| | 71:9-11 | | | 71:9-10 |
| | | | | 71:11-12 |
| 71:12-16 | 71:12-13 | 71:12-16 | 71:12-16 | |
| | | | | 71:13 |
| | 71:14-16 | | | 71:14-15 |
| | | | | 71:16-17 |
| 71:17-21 | 71:17-18 | 71:17-18e | 71:17-21 | |
| | | | | 71:18d |
| | | 71:18f-21 | | 71:18e-21 |
| | 71:19-21 | | | |
| 71:22-24 | 71:22-24 | 71:22-24 | 71:22-24 | 71:22-24 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 71:1-6**

**1 Sa iyo Oh Panginoon, nanganganlong ako;**
**huwag akong mapahiya kailan man.**
**2 Iligtas mo ako sa iyong katuwiran, at sagipin mo ako;**
**ikiling mo ang iyong pakinig sa akin, at iligtas mo ako.**
**3 Ikaw ay maging kanlungan ng aking tahanan, na aking kapaparunang lagi;**
**ikaw ay nagbigay utos na iligtas ako,**
**sapagka't ikaw ay aking malaking bato at aking kuta.**
**4 Sagipin mo ako, Oh aking Diyos, sa kamay ng masama,**
**sa kamay ng liko at mabagsik na tao,**
**5 Sapagka't ikaw ay aking pagasa;**
**Oh Panginoong DIYOS: ikaw ay aking tiwala mula sa aking kabataan.**
**6 Sa pamamagitan mo ay naalalayan ako mula sa bahay-bata;**
**ikaw ang kumuha sa akin mula sa tiyan ng aking ina;**
**ang pagpuri ko'y magiging laging sa iyo.**

**71:1-6** Ang panimulang istropa ay maliwanag na naghahayag ng kaisipan ng may-akda. Pansinin na walng panimula sa MT. Karamihan ng mga komentarista ay ipinagpapalagay ito na isang panalangin ng isang matandang tao (cf. vv. 9,18) na pinagmamalupitan (cf. vv. 4,10,13,24).

**71:1 "nanganganlong ako"** Para sa PANDIWA na ito (BDB 340, KB 337, *Qal* GANAP), tingnan ang tala sa Awit 5:11.

**NATATANGING PAKSA: KANLUNGAN**

Ang "Kanlungan" (BDB 340, KB 337) ay ginamit sa pagsilong mula sa isang unos ngunit kadalasan ay ginagamit nang patalinghaga sa pagsilong mula sa kasamaan mga tao.

1. ang PANDIWA ay ginamit sa Diyos sa Awit 2:12; 5:11; 7:1; 11:1; 16:1; 18:2; 25:20; 31:1,19; 34:8,22; 37:40; 57:1; 61:4; 64:10; 71:1; 118:8,9; 141:8; 144:2
2. ang PANGNGALAN ay ginamit sa Diyos sa Awit 14:6; 46:1; 61:3; 62:7,8; 71:7; 73:28; 91:2,9; 94:22; 142:5

Ang paglalarawan ng pagkalinga, sa mga sari-saring uri nito, ay makikita sa Awit 18:1-2!

▣ **"huwag akong mapahiya kailan man"** Ang PANDIWA na ito (BDB 101, KB 116) ay isang *Qal* PANGPANGKAT. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: MAPAHIYA (BDB 101, KB 116) SA KANIYANG TEOLOHIKONG KAUNAWAAN**

Ang "pagpahiya ay nagpapakilala ang kahatulan ng Diyos sa kasalanan (i.e., Genesis 2:25 compared to Genesis 3:10). Pansinin ang pagtutulad ng Awit 31:17a sa 31:17b. Ang kahihiyan ay nauugnay sa kahatulan sa Awit 53:5; 119:1-8,80; Daniel 12:2.

Ang pagpahiya ay hindi lamang pagpinsala ng reputasyon o dangal, ngunit isang malubhang paglabag sa mga kinakailangan ng kasunduan at pagkawala sa pagsasama-sama sa Diyos. Ito ay kadalasan ginamit sa mga sumasamba sa diyus-diyosan (cf. Awit 97:7; Isaias 42:17; 44:9,11; 45:16; Jeremias 51:17).

Ang dakilang pangako ng walang pagpapahiya para sa sa kanilang inilagay ang pagtitiwala kay YHWH (cf. Isaias 49:23; Awit 25:3; Joel 2:27) ay inulit ni Pablo sa taga-Roma 9:33 at ni Juan in 1 Juan 2:28.

**71:2** Ang unang dalawang MGA PANDIWA na "iligtas" (BDB 664, KB 717, cf. Awit 70:1) at "sagipin" (BDB 812, KB 93) ay kapwa MGA DI-GANAP na nagpapakilala ng nagpapatuloy na pagkilos. Ang ikatlong kasing-kahulugang "iligtas" (BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS) ay nasa talata 2b.

Pansinin ang batayan ng panalangin (i.e., dalawang *Hiphil* MGA PAUTOS, v. 2b) ay hindi ang kagalingan ng salmista ngunit ang katuwiran ni YHWH (cf. v. 16; tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5).

▣ **"ikiling mo ang iyong pakinig"** Ang PANDIWA na ito (BDB 639, KB 692, *Hiphil* PAUTOS) ay isang antropomorpikong paraan (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2:4-6) upang magsama sa Diyos na pakinggan ang panalangin ng salmista (cf. Awit 17:6; 31:2; 86:1; 88:2; 102:2). Ang unang tatlong mga talata ng Awit na ito ay katulad sa Awit 31:1-3.

**71:3 "Ikaw ay maging kanlungan ng aking tahanan"** Ang konsepto ng Diyos bilang isang "napakataas na matarik na hindi mapapasok (BDB 700, i.e., tanggulan, cf. v. 3c) ay makikita sa Awit 18:2; 31:2-3; 40:2, na maaaring pagkabanggit sa Deuteronomio 32:31,37.

Ang konsepto ng "tahanan" (BDB 732) ay nagpapakilala isang lugar na pinananahanan ng Diyos (i.e., ang templo, cf. Awit 76:2), katulad sa Awit 23:6; 27:4-6; 90:1; 91:9. Ang panalangin para sa pagpapalaya ay lalong higit kaysa sa kawalan lamang ng mga suliranin o mga kaaway ngunit ang pinaka-presensiya ng Diyos (cf. Deuteronomio 33:27).

Ito ay maaaring ang "batong tahanan/pinananahanan," מעון ay maaaring ang "bato ng kanlungan," מעוז (BDB 731, cf. Awit 31:2). Ang UBS Text Project (p. 305) ay binibigyan ang "pinananahanan" ng isang "C" na antas (maraming pagduruda).

▣ **"ikaw ay nagbigay utos na iligtas ako"** Ang PANDIWA (BDB 845, KB 1010, *Piel* GANAP) ay isinalin bilang

1. isang nakalipas kautusan – NASB, NKJV, NJB, REB
2. isang panghinaharap o pangkasalukuyang pakiusap – JPSOA

Ang UBS Text Project ay binibigyan "na dumating palagi mong iniutos" na isang "C" na antas (i.e., maraming pagduruda). Ang NET Bibliya ay itinataguyod ang pamimiliang opsyon ng UBS, "para sa isang pinatibay na bahay" (RSV, NRSV), na sumusunod sa Awit 31:2.

**71:4 "Sagipin mo ako"** Sa mga unang apat mga talatang ito, maraming magkakasing-kahulugan ang ginamit.

1. iligtas – BDB 664, KB 717, *Hiphil* DI-GANAP, cf. Awit 7:1; 39:9; 51:14; 71:11
2. sagipin – BDB 812, KB 930, *Piel* DI-GANAP, v. 2; *Piel* PAUTOS, v. 4, cf. Awit 18:48; 22:4,8; 31:1; 37:40; 43:1; 82:4; 91:14
3. iligtas – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS, v. 2; *Hiphil* PAWATAS NA BALANGKAS, v. 3; ginamit 57 na beses sa Awit.

▣ **"kamay"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 7:3-4

▣ **"ng masama"** Tingnan ang mga tala sa Awit 1:5; 5:10; 15:2-5. Pansinin ang tatlong mga salitang ginamit dito.

1. ang masama – BDB 957
2. ang liko – BDB 732
3. mabagsik na tao – BDB 330 III, KB 329

**71:5-6** Pansinin ang mga naglalarawang termino na ginamit upang ipakilala ang "*Adonai* YHWH" ("aking Panginoon PANGINOON," cf. v. 16).

1. aking pag-asa – BDB 876, cf. Awit 39:7; 62:5; Jeremias 14:8; 17:13
2. aking tiwala – BDB 105 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 4:5)
3. aking pag-alalay (sa literal, tinataguyod ako) – BDB 701, KB 759, *Niphal* GANAP, cf. Isaias 48:2

▣ **"mula sa aking kabataan… mula sa bahay-bata… sa tiyan ng aking ina"** Ang mga magkakaagapay na parilala ay isang pangwikaing paraan ng pagpapahayag pagtitiwala ng salmista na ang Diyos ay palaging nasa kaniya at para sa kaniya (cf. Awit 22:9-10)! Ang mga ito ay ginamit sa Israel sa Isaias 46:3.

**71:6**

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"ang kumuha sa akin mula sa"** |
| **NKJV** | **"ang kumuha sa akin sa"** |
| **JPSOA** | **"nagtaguyod"** |
| **LXX** | **"kanlungan"** |

Ang MT ay may "pagputol" (BDB 159, KB 186, *Qal* PANDIWARI), na maaaring isang paglalrawan ng pagputol ng Diyos sa pusod (i.e., malapit na pakikipag-ugnayan sa batang di-pa naisisilang, tulad ng Awit 22:9-10; 139:13-16; Jeremias 1:5).

Ang ibang opsyon na "mula sa," "paghila," o "lakas/pagtaguyod" (LXX) ay kasama sa pag-aayos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 71:7-11**

**7 Ako'y naging isang kagilagilalas sa marami,**
**nguni't ikaw ang matibay kong kanlungan.**
**8 Ang bibig ko'y mapupuno ng pagpuri sa iyo,**
**at ng iyong karangalan buong araw.**
**9 Huwag mo akong itakuwil sa katandaan;**
**huwag mo akong pabayaan pagka ang aking kalakasan ay nanglulupaypay.**
**10 Sapagka't ang mga kaaway ko'y nangagsasalita tungkol sa akin;**
**at silang nagsisibakay ng aking kaluluwa ay nangagsasanggunian,**
**11 Na nangagsasabi, "pinabayaan siya ng Diyos;**
**iyong habulin at hulihin siya; sapagka't walang magligtas."**

**71:7-11** Ang istropang ito ay naglalarawan ng mga takot ng isang matandang binanal. Tila ang kaniyang matandang kalagayan ay nagdulot sa ilan na mag-usisa sa presensiya at pagkalinga ng Diyos. Sa Awit, ang salitang "tagapagligtas" (BDB 664, KB 717) ay ginamit kadalasan sa pagpapalaya ng Diyos.

**71:7**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kagilagilalas"** |
| **NKJV** | **"kahanga-hanga"** |

**NRSV, REB,**
**LXX "mabisa"**
**TEV, JPSOA "halimbawa"**
**NJB "malito"**

Ang Hebreong salita (BDB 68) ay nangangahulugang "isang kahang-hanga," "isang tanda," o "isang babala." Ang BDB ay nakikita ang paggamit nito dito bilang natatangi, na tumutukoy sa "isang kinakalinga ni YHWH," na tumukoy sa talata 6.

**71:8** Ang talatang ito ay kaagapay sa pansarang linya ng talata 6. Ang buhay ng taong ito ay ipinapakilala sa pamamagitan ng "pagpuri" (BDB 239, cf. v. 14; Awit 34:1).

**71:9** Kahit na ito ay isang tao ng pananampalataya at pagpuri, ang katandaan at ang mga salita ng kaniyang mga kaaway ay nagdudulot sa kaniya na matakot at maligalig (cf. v. 18).

Ang pagkatakot na ito ay naihahayag sa dalawang DI-GANAP na ginamit bilang MGA PANGKAUTUSAN.

1. Huwag mo akong itakuwil – BDB 1020, KB 1527, *Hiphil* DI-GANAP, cf. Awit 51:11
2. huwag mo akong pabayaan – BDB 736, KB 806, *Qal* DI-GANAP

**71:10-11** Ang mga talatang ito ay inihahayag kung ano ang sinasabi ng mga kaaway ng salmista (o kahit na ang kaniyang pananaw sa kanilang mga kaisipan).

1. pinabayaan siya ng Diyos – BDB 736, KB 806, *Qal* GANAP (palagiang kalagayan ng pagtanggi)
2. habulin siya – BDB 922, KB 1191, *Qal* PAUTOS
3. hulihin siya – BDB 1074, KB 1779, *Qal* PAUTOS
4. sapagkat walang magligtas sa kaniya – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PANDIWARI

Awit 3:2 ay naglalarawan din ng mga masasamang kasabihan sa kanilang paglusob sa matapat na mga tagasunod ng Diyos na may pagduruda.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 71:12-16**

**12 Oh Diyos, huwag kang lumayo sa akin;**
**Oh Diyos ko, magmadali kang tulungan mo ako!**
**13 Mangapahiya at mangalipol sila na mga kaaway ng aking kaluluwa;**
**mangatakpan ng pagkaduwahagi at kasiraang puri sila,**
**na nagsisihanap ng aking kapahamakan.**
**14 Nguni't ako'y maghihintay na palagi,**
**at pupuri pa ako sa iyo ng higit at higit.**
**15 Ang bibig ko'y magsasaysay ng iyong katuwiran**
**at ng iyong pagliligtas buong araw;**
**sapagka't hindi ko nalalaman ang mga bilang.**
**16 Ako'y yayao na may mga makapangyarihang gawa ng Panginoong Diyos;**
**aking babanggitin ang iyong katuwiran, sa makatuwid baga'y ang iyo lamang.**

**71:12-16** Ang istropang ito ay may tatlong mga aspeto.

1. ang panalangin ng salmista para sa, v. 12
   a. presensiya ng Diyos (sa literal ay "huwag kang lumayo sa akin") – BDB 934, KB 1221, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 22:11,19
   b. madaliang pagtulong ng Diyos – BDB 301, KB 300, *Qal* PAUTOS
2. ang mga panalanging salmista para sa pagpanaw ng kaniyang mga kaaway, v. 13
   a. mangapahiya – BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

b. mangalipol – BDB 477, KB 476, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
c. mangatakpan ng pagkaduwahagi – BDB 741, KB 813, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
d. mangatakpan ng kasiraang-puri – katulad na PANDIWA ang pinagpalagay mula sa c.

3. ang matapat na pananampalataya ng salmista, vv. 14-16
   a. ako'y maghihintay na palagi
   b. pupuri pa ako sa iyo. . . ng higit at higit
   c. Ako'y magsasaysay (i.e., sa templo)
      (1) ng Iyong katuwiran
      (2) ng Iyong kaligtasan
      (3) ng Iyong mga makapangyarihang gawa
      (4) ng Iyong katuwiran, sa'yo lamang (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7)

**71:13 "mga kaaway"** Ito ay isang PANDIWARI ("ang isang namamaratang," BDB 966, KB 1316) ng terminong kadalasang ginamit kay Satanas, ang punong namamaratang. Tingnan ang Natatanging Paksa at Awit 38:20.

**71:15 "ang bibig ko'y magsasaysay"** Ang PANDIWA na ito (BDB 707, KB 765, *Piel* DI-GANAP) ay kadalasang ginagamit sa Awit ng paghahayag ng katangian at mga gawa ni YHWH sa isang pagsambang kalalagayan (i.e., templo).

1. Kaniyang kamanghamanghang gawa – Awit 9:1; 26:7; 40:5; 75:1; 78:4
2. Kaniyang pagpuri – Awit 9:14; 79:13; 107:21
3. Kaniyang mga gawa – Awit 66:16; 118:17; 145:6,12
4. Kaniyang katuwiran – Awit 71:5 (cf. 35:28; 40:10)
5. Kaniyang kasunduang pag-ibig at katapatan – Awit 88:11 (cf. 40:10)
6. Kaniyang kaluwalhatian – Awit 19:1; 96:3 (cf. 145:12)
7. Kaniyang kadakilaan – Awit 145:6
8. Kaniyang Mesias – Awit 2:7
9. Kaniyang pangalan – Awit 22:22; 102:21

Dito, sa talatang ito – Kaniyang katuwiran at Kaniyang kaligtasan.

▣ **"sapagka't hindi ko nalalaman ang mga bilang"** Ang pariralang ito ay maaaring magpakilala na

1. katulad na katotohanan sa Awit 40:5; 139:18, na ang mga kamangha-manghang gawa ng Diyos ay lubhang napakarami upang maunawaan
2. ang katulad na katotohanan sa Job 42:3; Awit 139:6, na sila ay lampas sa kaunawaan ng tao
3. ito ay nangangahulugang "isulat" laban sa "sabihin" (NIDOTTE, tomo 4, p. 1288)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 71:17-21**

**17 Oh Diyos, iyong tinuruan ako mula sa aking kabataan,**
**at hanggang ngayon ay aking inihahayag ang iyong kagilagilalas na mga gawa.**
**18 Oo, pag ako'y tumanda at may uban, Oh Diyos, huwag mo akong pabayaan,**
**hanggang sa aking maipahayag ang iyong kalakasan sa sumusunod na lahi,**
**ang iyong kapangyarihan sa bawa't isa na darating.**
**19 Ang iyo ring katuwiran, Oh Diyos, ay sumasapit sa kalangitan,**
**ikaw na gumawa ng dakilang mga bagay;**
**Oh Diyos, sino ang gaya mo?**
**20 Ikaw na nagpakita sa amin ng marami at lubhang kabagabagan,**
**bubuhayin mo uli kami,**

**at ibabangon mo uli kami mula sa mga kalaliman ng lupa.**
**21 Palaguin mo ang aking kadakilaan,**
**at bumalik ka uli, at aliwin mo ako.**

**71:17-21** Ang istropang ito ay nagpapatuloy ang sentrong mga paksa ng awit. Ito ay naghahayag ng pagsasaysay ng salmista sa katangian ng Diyos at ang katiyakan ng Kaniyang kahabagan. Dahil sa ito, siya ay magpapatuloy na magsabi ng kadakilaan ng Diyos(i.e., sa isang pangtemplong kalalagayan).

**71:17a** Ang mga Israelita ay tinuruan ni Moises na ituro sa kanilang mga anak ang tungkol sa Diyos (cf. Exodo 10:12; 12:26; 13:8,14; Deuteronomio 4:9; 6:7,20-25; 11:19; 31:13; 32:46). Ang mabisang pananampalataya ay ginagawang prayoridad ang pananampalataya ng susunod na saling-lahi!

**71:17b "kagilagilalas na mga gawa"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:1.

**71:18** Ang unang linya ay isang pag-ulit ng talata 9. Pansinin na ang salmista ay naunawaan ang kaniyang mensahe tungkol sa Diyos na matutulungan ang kaniyang saling-lahi at mga salin-lahi na darating. Ito ay ang itinalagang gagawin ng Banal na Kasulatan!

**71:19 "ay sumasapit sa kalangitan"** Ito ay isang wikain na nagpapakilala ng paglilikha at pangkatubusang mga gawa ng Diyos na lubhang dakila at mahalag na sila ay umabot sa mga ulap (cf. Awit 57:10).

▣ **"sino ang gaya mo?"** Ito ay isang sanggunian sa pagiging natatangi ni YHWH sa isang mundo ng polyteismo, henoteismo, at animismo (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa Awit 2:7). Ito ay ang diwa ng pagiging-bukod ng Israel!

**71:20** Ito ay isang pagtanggap (in OT mga terminong) ng mga suliranin na kinakaharap ng lahat ng tao sa nalugmok na mundong ito. Ang teolohiya ng "dalawang days" (cf. Awit 1; Deuteronomio 30:15,19) ay hindi ipinapaliwanag ang buhay (cf. Awit 37; 73; at Job).

▣ **"bubuhayin. . .ibabangon"** Ang mga ito ay tila mga wikain ng pagpapanumbalik sa isang masiglang buhay, hindi ng muling pagkabuhay. Ang OT ay hindi ipinapahayag ang isang kabilang-buhay (cf. Job 14:14-15; 19:25-27; Daniel 12:2), ngunit ang konteksto dito ay hindi pahiwatig ng konseptong ito.

▣ **"kami"** Ito ay maaari na ang PANGMARAMIHAN "kami" ay dapat na nasa teksto. Kung gayon, ito ay isa pang halimbawa ng isang pangmaramihang pangwakas sa isang pansariling Awit. Ito ngayon ay kaagapay sa Ezekiel 37 (i.e., pambansang pagbibigay lakas).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 71:22-24**
**22 Pupurihin din kita ng salterio,**
**ang iyong katotohanan, Oh Diyos ko;**
**sa iyo'y aawit ako ng mga kapurihan sa pamamagitan ng alpa,**
**Oh ikaw na Banal ng Israel.**
**23 Ang mga labi ko'y mangagagalak na mainam**
**pagka ako'y umaawit ng mga pagpuri sa iyo;**
**at ang kaluluwa ko, na iyong tinubos.**
**24 Ang dila ko naman ay magsasalita ng iyong katuwiran buong araw;**

**sapagka't sila'y nangapahiya, sila'y nangalito, na nagsisihanap ng aking kapahamakan.**

**71:22-24** Ang salmista ay maaaring isang Levitang mang-aawit (cf. v. 22). Siya ay nagpupuri sa Diyos para sa Kaniyang katapatan/katotohanan (BDB 54, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 12:1), ngunit gayon din sa kahihiyan at paghamak na Kaniyang dinadala sa kaniyang mga kaaway (v. 24).

▣ **"ikaw na Banal ng Israel"** Ito ay isang kasunduan titulo para kay YHWH (cf. Awit 78:41; 89:18; lubhang may kadalasan sa Isaias, i.e., 1:4; 5:24). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Banal sa Awit 16:3.

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit pinaniniwalaan na ang Awit na ito ay isinulat ng isang matandang tao?
2. Paano maiuugnay ang talata 3 sa Awit 23:6?
3. Paano maiuugnay ang talata 5-6 sa Jeremias 1:5?
4. Bigyang kahulugan ang salitang "kagila-gilalas" sa talata 7.
5. Bigyang kahulugan ang "nangapahiya" sa talata 13.
6. Ang talata 19c ba ay nagtuturo monoteismo?
7. Ang talata 20 ba ay tumutukoy sa pagpapagaling, pagpapanumbalik ng sigla, o muling pagkabuhay?

# AWIT 72

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pamumuno ng Matuwid na Hari<br>Panimula sa MT<br>Isang *Awit* ni Solomon | Kaluwalhatian at Panglahat na Pamumuno ng Mesias | Panalangin para sa Pagpapala ng Diyos sa Hari | Isang Panalangin para sa Isang Hari | Ang Ipinangakong Hari |
| 72:1-4 | 72:1-4 | 72:1-4 | 72:1-5 | 72:1-2 |
| | | | | 71:3-4 |
| 72:5-7 | 72:5-7 | 72:5-7 | | 72:5-6 |
| | | | 72:6-7 | |
| | | | | 72:7-8 |
| 72:8-11 | 72:8-11 | 72:8-11 | 72:8-11 | |
| | | | | 72:9-10b |
| | | | | 72:10c-11 |
| 72:12-15 | 72:12-15 | 72:12-14 | 72:12-14 | 72:12-13 |
| | | | | 72:14-15 |
| | | 72:15-17 | 72:15-17 | |
| 72:16-17 | 72:16 | | | 72:16 |
| | 72:17 | | | 72:17 |
| 72:18-19 | 72:18-19 | 72:18-19 | 72:18-19b | 72:18-19 |
| | | | 72:19c | |
| 72:20 | 72:20 | 72:20 | 72:20 | 72:20 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda, na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isang pinahahabang panalangin (i.e., "Ibigay" – BDB 678, KB 733, *Qal* PAUTOS) para sa isang matuwid na hari at kaniyang anak (maaaring isang pagkabanggit sa 2 Samuel 7, na sa katapusan ay tumutukoy sa Mesias).
   1. Iyong mga kahatulan – NASB, NKJV, JPSOA
      – iyong katuwiran – NRSV, REB,
      – iyong sariling patas na kahatulan – NJB
   2. Iyong katuwiran – NASB, NKJV, NRSV, JPSOA, REB
      – iyong sariling nakakapagligtas na katuwiran, NJB

B. Ang Awit na ito ay ipinapakita ang OT kaunawaan ng "Bagong Panahon." Ang mga kasunduang pangangailangan at mga pangako ay dumating sa kaganapan. Kung ito ang ay isang imno ng pagpuputong, ito ay maharlikang eksaherasyon, ngunit kung ang ito ay paglalarawan ng bagong panahon, makikita dito ang katuparan kay Kristo. Ang Awit na ito ay hindi sinipi sa NT ngunit ang mga sanguniang pang-Hudyo at pang-Kristiyano ay nakita ito bilang pang-Mesias. Tingnan si Alfred Edersheim sa *The Life and Times of Jesus the Messiah*, Appendix IX, p. 719.

C. Ang Awit na ito ay pinangingibabawan ng mga DI-GANAP NA PANDIWA. Ang NASB, NRSV, at JPSOA nakikita ang mga talatang 2-4,5- 7,8-11,15-17,19 bilang MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (i.e., "nawa. . .," "hayaan. . ."), ngunit NKJV at NJB nakikita silang lahat ng bilang MGA DI-GANAP (i.e., mga pahayag na gagawin ng Mesias). Mayroong apat na MGA PANGKAUTUSAN sa kontekstong ito (i.e., vv., 8,15,16,17).

D. Ang talata 20 ay isang pangwakas na puna ng mas nahuling patnugot/tagatala ng Aklat Dalawa (i.e., Awit 42-72) ng Salmo.

   Maaari ring ang mga talata 18-19 ay bumubuo ng isang pagsasarang doxolohiya sa Aklat Dalawa ng Salmo.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 72:1-4**

**1 Ibigay mo sa hari ang iyong mga kahatulan, Oh Diyos,**
**at ang iyong katuwiran sa anak na lalake ng hari.**
**2 Kaniyang hahatulan ang iyong bayan, ng katuwiran,**
**at ang iyong dukha, ng kahatulan.**
**3 Ang mga bundok ay magtataglay ng kapayapaan sa bayan,**
**at ang mga gulod, sa katuwiran.**
**4 Kaniyang hahatulan ang dukha sa bayan,**
**kaniyang ililigtas ang mga anak ng mapagkailangan,**
**at pagwawaraywarayin ang mangaapi.**

**72:1-4** Ang istropang ito ay nananalangin para sa maka-Diyos na paraan ng dapat ipamuno ng bagong hari (i.e., Mesias).

1. hahatulan (maaaring PANGMARAMIHAN sa MT, nagpapahayag ng kalidad) ng katuwiran, cf. Isaias 9:7; 11:2-5; 32:1; para sa "katuwiran" tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:5

2. hahatulan sa katuwiran (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:5-6), cf. Awit 82:3
3. magtaglay ng kapayapaan (ang matuwid na pamumuno ng hari ay magdudulot sa lupain na managana i.e., Levitico 26; Deuteronomio 27-30)
4. hahatulan, cf. Isaias 11:4
5. ililigtas
6. pagwawaraywarayin ang mangaapi

Pansinin ang iba't-ibang mga terminong ginamit upang ilarawan ang mga tao ng Diyos (bayan).

1. Iyong bayan, v. 2
2. Iyong dukha, vv. 2,4 (JPSOA, "mga mabababa")
3. ang mga anak ng mapagkailangan, v. 4

Ang lahat ng pamilya ng Diyos ay ipagtatanggol at pasisiglahin.

Mayroong umusbong na isang pag-iigting sa loob ng kasunduang kumunidad sa pagitan ng ang mayaman at kaawa-awa. Ang pag-iigting na ito ay nailipat pagkatapos ng pagpapatapon, sa mga nananampalataya, matapat na mga tagasunod at sa mga paganong mananakop/manunukob. Ang mga nagdadalamhati/kaawa-awa/nangangailangan ang mapapaunumbalik. Si YHWH ang kakalinga sa kanila at ipagtatanggol sila (ang paglago ng mga paksa sa Deuteronomio). Siya ay kanilang tanging pag-asa at tagapagligtas (cf. Awit 103:6; 146:7).

**72:3** Ang paglalarawang ito ay mayroong maraming mga kahulugan.

1. mga bundok. . .mga burol na tumukoy sa maka-Diyos na mga pinuno
2. mga bundok. . .mga burol ay gumaganap bilang pagbibigay-katauhan mga mensahero ng kasaganahan (i.e., mga kasunduang pagpapala)
3. mga bundok. . .mga burol na tumutukoy sa palagiang katatagan ng Ipinangakong Lupain

▣ **"dumidilig"** Ang salitang ito (BDB 284, KB 283) ay matatagpuan lamang dito sa OT. Ito ay tila nagmula sa *Hiphil* PANDIWA na "pumapatak"; sa Arabeng ang salitang-ugat na nangangahulugang "tumutulong luha."

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 72:5-7**

**5 Sila'y mangatatakot sa iyo habang nananatili ang araw,**
**at habang sumisilang ang buwan, sa lahat ng sali't saling lahi.**
**6 Siya'y babagsak na parang ulan sa tuyong damo,**
**gaya ng ambon na dumidilig sa lupa.**
**7 Sa kaniyang mga kaarawan ay giginhawa ang mga matuwid,**
**at saganang kapayapaan, hanggang sa mawala ang buwan.**

**72:5-7** Ang istropang ito ay binibigyang-diin ang dalawang kahilingan.

1. na ang mga tao nga Diyos ay magpapatuloy na matakot/sumamba sa Kaniya
2. na ang debosyong ito ay magpapatuloy sa habang panahon (i.e., habang ang araw at buwan ay mananatili, cf. Genesis 8:22; Awit 89:36-37)

Kung gayon nga, ang mga pangako ng kasaganahan mula sa ang Mosaikong kasunduan ay magpapatuloy (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30). Ang hari at ang mga tao (cf. Awit 1:9; 2:12) ay kailangang matugunan ang mga pangkasunduang kundisyon.

**72:5**

| | |
|---|---|
| **NASB, JPSOA** | **"sila"** |
| **NKJV** | **"kanila"** |
| **NRSV, NJB, REV, LXX** | **"siya"** |

Ang MT ay may ang PANGMARAMIHAN, samakatuwid, ito ay maaaring tumukoy sa
1. pagsamba ng pangkasunduang bayan
2. pagsamba ng pang-Mesias na hari (i.e., ang PANGMARAMIHAN NG PAGKAMAHARLIKA)

▣
**NASB, NKJV,**
**REB, JPSOA "mangatakot"**
**NRSV, NEB "mangabuhay"**
**TEV "sumamba"**
**NJB, LXX "manatili"**

Ang UBS Text Project (p. 309) ay binibigyaang "huli" na isang "C" na antas (maraming pagduruda). Sinusundan nito ang LXX. Mas umaakma ang pagkakaagapay nito.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 72:8-11**

**8Siya naman ay magtataglay ng pagpapakapanginoon sa dagat at dagat,**
**at mula sa ilog hanggang sa mga wakas ng lupa.**
**9Silang lagalag sa ilang ay magsisiyukod sa kaniya,**
**at hihimuran ng kaniyang mga kaaway ang alabok.**
**10Ang mga hari ng Tharsis, at sa mga pulo ay mangagdadala ng mga kaloob;**
**ang mga hari sa Sheba at Seba ay mangaghahandog ng mga kaloob.**
**11Oo, lahat ng mga hari ay magsisiyukod sa harap niya,**
**lahat ng mga bansa ay mangaglilingkod sa kaniya.**

**72:8-11** Ang pamumuno ng Mesias ay
1. pangkalahatan (i.e., paggamit ng terminong mula sa ANE)
   a. mula sa dagat at dagat (cf. Zacarias 9:10)
   b. mula sa ang ilog (i.e., Euphrates) hanggang sa wakas ng lupa (i.e., si Solomon ay namuno sa lugar na ito)
2. sa lahat ng mga tao na dadakilain Siya at magbibigay parangal, cf. Isaias 49:23

Ang pangkalahatang pamumuno (cf. Awit 2:8; 59:13; 65:2; 67:7; Isaias 45:22; 52:10; Mikas 5:4) ay ang maliwanag na pagwawaka mula sa Genesis 1:26-27 at 12:3. Kung ang monoteismo ay totoo, ang katubusan ng lahat ng ang anak ni Adan ang layunin (tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2 Panimula; Awit 2 ay isa pang pang-Mesias na Awit).

**72:9**
**NASB "lagalag"**
**NKJV (MT) "silang nagsisitahan sa ilang"**
**NRSV "mga kaaway"**
**TEV "mga tao ng disyerto"**
**NJB "mga halimaw"**
**LXX "mga taga-Etiopia"**
**REB "mga angkan sa ilang"**

Ang salita (צִי, BDB 850 II, KB 1020) ay maaaring mangahulugang
1. mga kaaway mula sa צר, BDB 865 III (pag-aayos, ngunit mas tumutugma ang magkakaagapay na "mga kaaway" ng v. 9b)
2. mga hayo sa disyerto – Awit 74:14; Isaias 13:21; 23:13; 34:14; Jeremias 50:39 (mula sa צִיָּה, "pagkatuyo," cf. Jeremias 50:12; 51:43)
3. ito ay maaari (cf. NEB) na ang #2 ay tumutukoy sa demyong disyerto (tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba)
4. kinatawan o mensahero –צִיר (BDB 851 II), cf. Isaias 18:2

**NATATANGING PAKSA: ANG DEMONYO SA LUMANG TIPAN**

A. Ang tiyak na kaugnayan sa pagitan ng mga makasalanang anghel at mga demonyo ay hindi tiyak. I Enoch ay nagsasaad na ang mga *Nephilim* ng Genesis 6:1-8 ay ang pinanggagalingan ng kasamaan (ang mga rabi ay nakapokus rin sa tekstong ito at hind sa 3). Ang I Enoch ay nagsasabi na ang mga kalahating anghel/kalahating tao na nilalang na ito ay pinatay sa pamamagitan ng baha (ito ay nagsasaad pa na ang kanilang kamatayan ay ang layunin ng pagbaha), ngunit ang kanilang walang katawan na espiritu ay naghahanap ng katawan na paninirahan.

B. Mayroong ilang mga masasamang espiritu o mga demonyo sa OT:
   1. *Satyrs* o "yaong mga mababalahibo," posibleng mga kambing na demonyo (BDB 972 III) - Levitico 17:7; II Cronico 11:15; Isaias 13:21; 34:14
   2. *Shedim* (BDB 993) - Deutronomio 32:17; Awit 106:37, kung saan ang mga sakripisyo ay ginawa (kahawig sa *Molech*)
   3. *Lilith*, ang babaeng panggaming demonyo (BDB 539) - Isaias 34:14 (bahagi ng Babylonia at Ugarit na alamat)
   4. *Azazel*, demonyo ng desyerto (pangalan ng pinunong demonyo sa I Enoch, cf. 8:1; 9:6; 10:4-8; 13:1-2; 54:5; 55:4; 69:2) - Levitico 16:8,10,26
   5. Awit 91:5-6 ay mga pagsasatao ng mga salot (cf. v. 10), hindi mga espiritwal na mga nilalang (cf. Awit ni Solomon 3:8)
   6. Isaias 13:21 at 34:14 ay naglista ng ilang mga desyertong mga hayop bilang isang paraan sa pagpapakita ng kapanglawan ng winasak na mga lugar. Ang ilan ay nagpalagay na ang listahan ay naglalaman ng mga demonyo upang ipakita na ang mga winasak na lugar na ito ay pinagmumultuhan (cf. Mateo 12:43; Lucas 11:24; Pahayag 18:2)

C. Ang OT na monoteismo ay pinatahimik at binago ang mga alamat ng mga paganong mga bansa, ngunit minsan ang mga pangalan at mga titulo ng kanilang mga pamahiin ang tinukoy (lalo na ang panulaang mga teksto). Ang realidad ng masasamang mga espiritu ay isang bahagi progresibong kapahayagan at hinubog sa NT bilang isang persona/anghel ni Satanas.

▣**"hihimuran ng kaniyang mga kaaway ang alabok"** Ito ay isang ANE na paglalarawan (i.e., mga inukit sa pader at mga larawan) ng isang yumuyukod (cf. v. 9a) sa lupa. Dito idinagdag ang isang pampanitikang wikain ng "himurin ang alikabok" (BDB 535, KB 525, *Piel* DI-GANAP, cf. Isaias 49:23; Mikas 7:17), na nagpapakilala ng pagkatalo at pagiging alipin ng isang yumuyukod.

**72:10 "Tharsis"** Ang pangalan ng lugar na ito (BDB 1077) ay maaaring tumukoy sa
1. isang lungsod sa katimugang Espanya sa Alantiko, na isang kolonya ng Fenicia (i.e., Tartessus, talata 7)
2. ang pulo ng Sardinia (cf. Genesis 10:4)
3. isang lungsod sa hilaga baybayin ng Aprika(ang Carthage ay isang kolonya ng Fenecia)
4. isang talinghaga para sa isang napakalayong pantalan
5. isang uri ng napakalaking pangkomersyong bapor naglalayag sa dagat
6. isang katunggaling bansa sa karagatan (cf. 1 Mga Hari 10:22)

▣ **"mga pulo"** Ang salitang ito (BDB 15 I) kadalasang ay nangangahulugang "baybayin" o "pulo." Ito ay nagpapakilala ng napakalalayong bansa (cf. Isaias 40:15; 66:19; Jeremias 25:22; 31:10). Ito ay

tumutugma sa paglalarawan ng istropang ito (i.e., ang pangkalahatang pamumuno ng Mesias).

▣**"Sheba"** Ito ay tumutukoy sa bansa o angkan mula kay Ham na namumuhay sa katimugang Arabya.

▣**"Seba"** Ito ay tumutukoy sa bahagi ng hilagang-silangang Aprika, na kadalasang makikilala kasama ang Ehipto at Cush (cf. Isaias 43:3; 45:14).

Ang layunin ng pagbabanggit ng mga pangalan ng lugar na ito ay upang katigan ang pagpapahayag ng mga talata 8 at 11.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 72:12-15**

**12 Sapagka't kaniyang ililigtas ang mapagkailangan pagka dumadaing,**
**at ang dukha na walang katulong.**
**13 Siya'y maaawa sa dukha at mapagkailangan,**
**at ang mga kaluluwa ng mga mapagkailangan ay kaniyang ililigtas.**
**14 Tutubusin niya ang kanilang kaluluwa sa kapighatian at karahasan,**
**at magiging mahalaga ang kanilang dugo sa kaniyang paningin;**
**15 At siya'y mabubuhay at sa kaniya'y ibibigay ang ginto ng Sheba;**
**at dadalanginang lagi siya ng mga tao;**
**pupurihin nila siya buong araw.**

**72:12-15** Sa mga talata 12-14, ang MGA DI-GANAP ay nagpapakilala ng pamumuno ng Mesias (hindi na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan). Gayunman, sa talata 15 ang NASB ay bumabalik sa MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan.

Pansinin ang iba't-ibang mga pangalan at mga pagkakakilala sa mga tao ng Diyos (cf. vv. 2-4).

1. ang mapagkailangan, v. 12
2. ang nagdadalamhati, v. 12
3. ang kaawa-awa, v. 13
4. ang mapagkailangan, v. 13

Habang talata 4 ay pinangalanan ang kanilang mga kaaway na "ang mang-aapi," dito, sila ay inilarawan bilang "mangpipighati" at "mararahas." Napakahirap makilala ang taong ito sa Awit.

1. mga di-matatapat na Israelita
2. mga paganong karatig bansa
3. mga dayuhang mananakop

Ang pang-Mesias na hari ay

1. kaniyang ililigtas ang mapagkailangan pagka dumadaing
2. Siya'y maaawa sa dukha at mapagkailangan
3. ang mga kaluluwa ay kaniyang ililigtas (cf. Awit 69:18)
4. Tutubusin niya ang kanilang kaluluwa sa kapighatian at karahasan
5. magiging mahalaga ang kanilang dugo/buhay sa kaniyang paningin (cf. Awit 116:15)

**72:14 "mahalaga ang kanilang dugo sa kaniyang paningin"** Ang Mesias ay pinag-iiba sa "mang-aapi" (cf. v. 4). Siya ay tunay na mangangalinga para sa kaawa-awa, nangangailangan, at nagdadalamhati (cf. Awit 116:15). Siya ay may puso ng Manlilikha (cf. Genesis 1:26,27)! Ang lahat ng mga tao ay mahalagang sa Kaniya!

**72:15** Ang talatang ito ay may dalawang layunin.

1. ang unang dalawang MGA PANDIWA ay maiuugnay sa pang-Mesias na hari
    a. siya'y mabubuhay – BDB 310, KB 309, *Qal* PANGKAUTUSAN

b. sa kaniya ibibigay ang parangal – BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

2. ang susunod na dalawang MGA PANDIWA ay maiuugnay sa Kaniyang mga tao
   a. sila ay laging dadalangin sa Kaniya – BDB 813, KB 933, *Hithpael* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   b. pupurihin nila siya buong araw – BDB 138, KB 159, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

   Ito ay maliwanag na sa talata 15a ay ginagamit ang isang karaniwang maharlikang pagpapahayag (i.e., "mabuhay nang mahaba ang hari"), ngunit ito ay nagroon ng bagong kahulugan sa liwanag ng NT kapahayagan ng pagkakatawang tao ng Mesias at ang kaniyag matagumpay na pagpasok sa Herusalem!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 72:16-17**
**16 Magkakaroon ng saganang trigo sa lupa sa taluktok ng mga bundok;**
**ang bunga niyao'y uugang gaya ng Libano;**
**at silang sa bayan ay giginhawa na parang damo sa lupa.**
**17 Ang kaniyang pangalan ay mananatili kailan man;**
**ang kaniyang pangalan ay magluluwat na gaya ng araw;**
**at ang mga tao ay pagpapalain sa kaniya;**
**tatawagin siyang maginhawa ng lahat ng mga bansa.**

**72:16-17** Kapwa ang talata 16 at talata 17 ay nagsisimula sa isang PANGKAUTUSANG PANDIWA, na nagbibigay ng isang konteksto upang makita ang lahat ng DI-GANAP MGA PANDIWA sa dalawang mga talata bilang PANGKAUTUSAN sa kahulugan.

Ang istropang ito ay nagpapatuloy ang paksa ng kasaganahan na nagsimula sa mga talata 3,5-6. Ang kasaganahang ito ay pangkasunduang mga pangako ng Levitico 26 at Deuteronomio 27-30.

Ang talata 17 ay tumutuon sa pamumuno ng Mesias.

1. Ang kaniyang pangalan ay mananatili kailan man – ginamit kay YHWH sa Awit 135:13
2. ang kaniyang pangalan ay magluluwat na gaya ng araw (cf. 72:5-7); ang PANDIWA na "magluluwat" ay matatagpuan lamang dito sa OT (BDB 630, KB 696, cf. NIDOTTE, tomo 3, p. 1161); ang LXX ay may "mananatili" sa magkakaagapay na talata 17a
3. ang mga tao ay pagpapalain sa kaniya (i.e., isang pagkabanggit sa Genesis 12:3; 22:18; ang Abrahamikong kasunduan, tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 2 Panimula
4. tatawagin siyang maginhawa ng lahat ng mga bansa (magkakaagapay sa #3)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 72:18-19**
**18 Purihin ang Panginoong Diyos, ang Diyos ng Israel,**
**na siya lamang gumagawa ng mga kababalaghang bagay.**
**19 At purihin ang kaniyang maluwalhating pangalan magpakailan man;**
**at mapuno ang buong lupa ng kaniyang kaluwalhatian.**
**Siya nawa, at Siya nawa.**

**72:18-19** Pansinin kung paanong ang talata 17 (tungkol sa Mesias) ay kaagapay sa talata 18 (tungkol sa pangkasunduang Diyos ng Israel). Ang hari, gayundin naman ang Mesias, ay nagpapakilala ng katangian ni YHWH.

Pansining muli ang pangkalahatang elemento sa talata 19b (cf. Bilang 14:21; Isaias 6:3).

**72:18 "gumagawa ng mga kababalaghan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 9:1.

**72:19 "Siya nawa"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 41:13.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 72:20**
**[20]Ang mga dalangin ni David na anak ni Isai ay nangatapos.**

**72:20** Ang talatang ito ay isang pang-editoryal na tala na nagpapakita ng pagsasara ng ikalawang aklat ng Awit. Ito ay maaaring ang mga talata 18-19 ay doxolohikong pagsasara din (cf. 41:13; 89:52) sa buong ikalawang aklat.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Awit bang ito tungkol kay Solomon o ang panghinaharap na Mesias?
2. Ang pamumuno ba ni Solomon ay umaakma sa talata 8?
3. Paano maiaakma ang mga Kasulatan sa OT patungkol sa pangingibabaw ng Israel sa lahat ng mga bansa sa NT?
4. Sino ang pinakikilala ng "nagdurusa"?
5. Paano maiuugnay ang talata 16 sa Genesis 12?
6. Ang mga talata 18-19,20 ba ay isang bahagi ng Awit na ito o isang pagsasara sa Aklat II?

# AWIT 73

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Katapusan ng mga Masasama na Pinag-iba sa mga Matutuwid<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni Asaph | Ang Sakuna ng mga Masasama, at ang Pagpapala ng Pagtitiwala sa Diyos | Pagninilay sa Katarungan ng Diyos | Ang Katarungan ng Diyos | Ang Tagumpay ng Katarungan |
| 73:1-9 | 73:1-3 | 73:1-3 | 73:1-3 | 73:1 |
| | | | | 73:2-3 |
| | 73:4-9 | 73:4-9 | 73:4-14 | 73:4-5 |
| | | | | 73:6-7 |
| | | | | 73:8-9 |
| 73:10-14 | 73:10-14 | 73:10-14 | | 73:10-12 |
| | | | | 73:13 |
| | | | | 73:14-15 |
| 73:15-20 | 73:15-17 | 73:15-20 | 73:15-17 | |
| | | | | 73:16-18 |
| | 73:18-20 | | 73:18-20 | |
| | | | | 73:19-20 |
| 73:21-24 | 73:21-24 | 73:21-26 | 73:21-26 | 73:21-22 |
| | | | | 73:23-24 |
| 73:25-28 | 73:25-26 | | | 73:25-26 |
| | 73:27-28 | 73:27-28 | 73:27-28 | 73:27-28 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Si Asaph ay isa sa mga Levitico na punong mang-aawit sa ilalim ni David (cf. 1 Cronica 25:1-9).

B. Ang Awit na ito ay nagpapahayag ng tila kawalang-katarungan ng kasaganahan ng masasama at ang paghihirap ng matuwid. Pinagtutuunan nito ang suliranin sa pagpapanukala ng katarungan ng Diyos sa isang panghinaharap na kabilang buhay.

C. Ang Awit ay pinauunlad at pinalalago ang tradisyunal na pananaw ("ang dalawang daan") patungkol sa buhay; paghambingin ang Deuteronomio 27-28; 30:15-20; Awit 1; Kawikaan 4:10-18; Mateo 7:13-14. Ang buhay ay hindi patas ngunit tutuwirin ito ng Diyos!

D. Ang aklat ng Job at Awit 37 ay tumutukoy sa katulad na suliranin, ngunit sa buhay na ito; Awit 73 tumutukoy dito sa liwanag ng Mateo 25.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 73:1-9**
**1 Tunay na ang Diyos ay mabuti sa Israel.**
**Sa mga malilinis sa puso!**
**2 Ngunit tungkol sa akin, ang mga paa ko'y halos nahiwalay:**
**ang mga hakbang ko'y kamunti nang nangadulas.**
**3 Sapagkat ako ay mainggitin sa hambog,**
***habang* nang aking makita ang kaginhawahan ng masama.**
**4 Sapagkat walang mga sakit sa kanilang kamatayan:**
**kundi ang kanilang kalakasan ay matatag.**
**5 Sila ay wala sa kabagabagan *na gaya ng ibang* mga tao;**
**na hindi man sila nangasasalot na gaya ng ibang mga tao.**
**6 Kaya't kapalalua'y gaya ng kuwintas sa kanilang leeg:**
**tinatakpan sila ng karahasan na gaya ng bihisan.**
**7 Ang kanilang mga mata ay lumuluwa sa katabaan:**
**sila ay mayroong higit kay sa mananasa ng puso.**
**8 Sila ay manganunuya, at sa kasamaan ay nanunungayaw ng pagpighati:**
**sila ay nangagsasalitang may kataasan.**
**9 Kanilang inilagay ang kanilang bibig sa mga langit,**
**at ang kanilang dila ay lumalakad sa lupa.**

**73:1 "Tunay na ang Diyos ay mabuti sa Israel"** Ang "mabuti" (BDB 373 II, #9) ay nangangahulugang "mabait sa" (cf. Awit 86:5; 145:9; Panaghoy 3:25). Ito ang pagpapawakas ng Awit at ang panimulang pagpapalagay ng OT ngunit hindi lahat ng Israel ay sa pananampalataya (cf. taga-Roma 9-11). Ang katulad ay maaaring masabi sa iglesiya (cf. Mateo 7; 13). Ang di-karaniwang parirala ng Awit 73:15 ay maaaaring maipakilala ang isang tunay, matapat na Israel.

Pansinin ang mga dagdag na mga pagpapakilala sa "kabutihan" ng Diyos.

1. Siya ay mabuti sa lahat (cf. Awit 145:9)
2. Ang Kaniyang kabutihan ay pangunahing ipinagkakaloob sa kanila na tumatawag sa Kaniya (cf. Awit 86:5)
3. Siya ay mabuti, sa Kaniyang sarili (cf. Ezra 3:11; Awit 100:5; 106:1; 107:1; 118:1,29; 136:1; Jeremias 33:11; Nahum 1:7)

Ang pagpapala ng Israel ay nakabatay sa

1. walang-hanggang pangkatubusang layunin ng Diyos sa binhi ni Abraham (tingnan ang

Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH)
2. ang pananampalatayang pakikipag-ugnayan at pangkasunduang pagsunod ng Kaniyang mga taga-sunod
3. ang mga pisikal na pagpapala sa maikling panahon ay hindi maihahambaing sa (cf. taga-Roma 8:18-25) sa pangmatagalang, personal na pakikipag-ugnayan (cf. taga-Roma 8:26-30,31-39)! Tiyaking tingnan nang maigi! Ang mga kagyat na kaganapan ay maaaring mapanlinlang!

▣ **"sa Israel"** Ang NRSV at REB, gayundin ang Katolikong salin na NAB, ay binago ang "sa Israel," לישראל (BDB 975) sa "para sa matuwid ng Diyos," אללישר (BDB 449 dagdagan ng BDB 42 II, #6).

▣ **"malilinis na puso"** Ito ay nagbabakita sa mga pag-uugali at mga layunin o motibo (cf. Awit 24:4-5; 51:10; Mateo 5:8).

**73:2**
**NASB** **"halos"**
**NKJV, NRSV,**
**JPSOA** **"kamuntik na"**
**TEV** **"malapit na"**
**NJB** **"nasa akto"**

Ito ay nagpapakilala ng Hebreong PANG-ABAY BDB 589. Maliwanag na pinapakita nito ang kabigatan ng krisis sa pananampalataya ng salmista! Siya ay nasa bingit na pagkawala ng kaniyang, pananalig, pagtitiwala, katiyakan at kapayapaan sa na may Diyos. Ang mga krisis sa pananampalataya ay maaaring
1. isang nakakapagwasak na pagkawala ng pag-asa
2. isang pinagmumulan ng kalakasan at paglago

Tayong lahat ay may kilalang nakakaranas ng isa o ng iba pa!

▣ **"nahiwalay. . .nangadulas"** Ito ay isang biblikal na talinghaga ng pamumuhay. Ang tuwid, matatag na landas ay katuwiran (cf. Awit 40:2), ngunit ang liko, madulay na landas ay kasamaan (cf. Awit 73:18; Kawikaan 3:23). Ang dalawang pamimilian sa buhay ay tinatawag na "ang dalawang daan" (i.e., Awit 1 at Deuteronomio 30:15-20).

Ang terminong isinalin na "nangadulas" sa literal ay "ibinuhos" (BDB 1049, KB 1629, *Qal* BALINTIYAK NA GANAP). Dito lamang ito ay mayroong kahulugang (hinihingi ng magkakaagapay ng patulang linya, "nahiwalay") pagkakadulas sa isang basang panig.

Ang Awit 73:3 ay linilinaw ang bahaging may suliranin (i.e., pagkaingit, panibugho).

**73:3 "Ako ay mainggitin sa hambog. . .ang kaginhawahan ng masama"** Ang mundong ito ay hindi patas. Kung ang mundong ito ay mayroon nang lahat, ang Diyos ay hindi patas!

Ang "malilinis na puso" ng Awit 73:1 ay sinusubok ng kawalang-katarungan ng buhay. Ang batayang pagpapalagay ay pinahihintulot ng Diyos kung sino man ang hahatulad! Tingnan ang Natatanging Paksa: Sinusubok ng Diyos ang Kaniyang Bayan.

**73:4-9** Ang mga talatang ito ay naglalarawan ng pamumuhay ng mga taong binanggit sa Awit 73:3 (i.e., ang mapagmataas at masagana, masasamang mga tao ng pangkasunduang komunidad).
1. walang sakit sa kanilang kamatayan
2. kumain nang marinam, Awit 73:4b, 7a
3. walang panlabas na kaguluhan
4. nakikita ang kayabangan, Awit 73:6a, 8b
5. kumikilos sa karahasan na walang kahatulan

6. masamang pag-iisip at naninirang-puri
7. nagpapasikat sa kanilang mga masasamang gawa, kahit na sa harapan ng Diyos, Awit 73:11

Mula sa teolohiya ng OT (i.e., Levitico 26; Deuteronomio 27-30) ang kasaganahan ay isang pagpapala mula sa Diyos para sa pananampalataya at pagsunod (cf. Awit 73:10), ngunit ang mga taong ito ay gumawa ng panunuya sa mga teksto!

**73:4 "walang mga sakit sa kanilang kamatayan"** Nangangahulugan ito na (1) sila ay may isang marangal na libing o (2) kanilang kamatayan ay madalian at walang sakit.

▣ **"mga sakit"** Ang Hebreong salitang ito (BDB 359) ay ginamit lamang nang dalawang beses sa OT, sa lubhang magkaibang kaunawaan.

1. "mga tanikala sa pala" o "mga gapos" – Isaias 58:6 (PANG-ISAHAN)
2. "mga sakit" – Awit 73:4 (PANGMARAMIHAN)

Ang NET bible ay inimumungkahi na:

"Ito ay ginamit nang patalinghaga sa sakit at paghihirap na nagbabawal sa katuwaan ng isang buhay" (p. 941).

Ang Tyndale Commentary ni Derek Kidner (p. 289, talababa #2) ay sumasang-ayon sa RSV, na binago ang "sa kanilang kamatayan," למותם, sa dalawang salita, למו תם, na humantong sa "walang sakit <u>para sa kanila</u>, <u>malusog</u> at makinis ang kanilang katawan." Ito ay sinunod ng NRSV at REB.

▣ **"kanilang kalakasan ay matatag"** Sila na tila hindi nakaranas ng pagkakasakit o ang karaniwang suliranin ng buhay (i.e., isang malusog na katawan; ang Hebreong termino [BDB 17 I]) ay matatagpuan lamang dito.

**73:5**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"Sila'y wala sa kabagabagan *na gaya ng ibang* mga tao"** |
| **NJB** | **"hindi isama mula sa mga pag-aalala na napakarami sa tao"** |
| **JPSOA** | **"Sila ay walang bahagi sa paghihirap ng mga tao"** |

Ang masasama ay tila ligtas sa karaniwang mga suliranin ng buhay. Ito, sa una, ay tila isang pagkilos ng Diyos. Ito ang teolohikong suliranin na kaugnay ng "ang dalawang daan" (cf. Job; Awit 73).

▣ **"nangasasalot"** Ang terminong ito (BDB 619, KB 668, *Pual* DI-GANAP) ay madalas gamitin sa maka-Diyos na pagpaparusa (cf. Genesis 12:17; 2 Mga Hari 15:5; 2 Cronica 26:20; Isaias 26:5; Job 1:11; 2:5). Ito ay tila sariling mga salita ng Diyos (i.e., Levitico 26; Deuteronomio 27-30; Awit 1) tungkol sa masasama na nabigo. Sa Awit 73:14 ang katulad na salita ay ginamit para sa pagdadalamhati ng isipan ng salmista, na mula sa kaniyang sariling pagduruda.

**73:6** Dahil sa kanilang mga karanasan sa buhay (Awit 73:4-5) ang mapagmataas, mayaman, malusog na mga tagalabag ng kasunduan ay namuhay nang hayagan, kahit na marangya, sa kanilang walang Diyos na pamumuhay (Awit 73:6-9).

**73:7**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ang kanilang mga mata ay lumuluwa sa katabaan"** |
| **TEV** | **"ang kanilang mga puso ay nagbubuhow ng kasamaan"** |
| **NJB** | **"mula sa kanilang katabaan ay dumadaloy ang masamang hangarin"** |
| **LXX** | **"ang kanilang kawalang katarungan ay magpapatuloy na tila mula sa taba"** |
| **Peshitta** | **"ang kanilang kasalanan ay dumadating gaya ng grase"** |
| **JPSOA** | **"ang katabaan ay nagsasara ng kanilang mga mata"** |

Ang kaunawaan sa "kasalanan" ang salin mula sa ang LXX, Syriac, Peshitta, at Vulgata. Ang

UBS Text Project (p. 314) ay binibigay sa “kanilang mga mata” na isang “C” na antas (i.e., hindi kakaunting pagduruda).

“kasalanan” ay עובמו

“kanilang mga mata” ay עיבמו

Ang “mga mata” ay umaakmang pinakamainam sa konteksto at pagkakaagapay ng Awit 73:7.

**73:8 “nanganunuya”** Ito ay tila Aramaikong termino (BDB 558, KB 559) na makikita lamang dito sa OT.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 73:10-14**

**[10]Kaya't ibinabalik dito ang kaniyang bayan:**
**at tubig ng punong saro ay nilalagok nila.**
**[11]At kanilang sinasabi, Paanong nalalaman ng Diyos?**
**At may kaalaman ba sa Kataastaasan?**
**[12]Narito, ang mga ito ang masama;**
**at palibhasa'y laging tiwasay nagsisilago sa mga kayamanan,**
**[13]Tunay na sa walang kabuluhan ay nilinis ko ang aking puso,**
**at hinugasan ko ang aking mga kamay sa kawalaang sala;**
**[14]Sapagka't buong araw ay nasalot ako,**
**at naparusahan tuwing umaga.**

**73:10** Ang talatang ito ay di-tiyak sa MT. Ang daloy ng konteksto ay nagpapahiwatig na

1. ang masasamang mga tao ay may negatibong epekto sa iba pang pangkasunduang mga tao (Ang Katolikong Tradisyon ay iniisip na ang Awit 73:10 ay isang sipi mula sa mga masasama Israelita)
2. ang masasama ay inuubos ang bawat mabuting bagay sa abot ng kanilang makakaya
3. ang mga taga-sunod ng masasama ay naniniwala sa bawat bagay na kanilang sabihin (NIDOTTE, vol. 2, p. 1065)

Ito talaga ang suliranin ng salmista. Nakikita niya ang magpagmataas, mapamusong na pangkasunduang tao na tumatanggap ng lahat ng mga pangkasunduang pakinabang at kasaganahan! Ito ang dahilan kung bakit niya tinanong sa Awit 73:13! Ang “kung. . .samakatuwid” ng kasunduan ni Moises (i.e., Levitico 26; Deuteronomio 27-30) ay tila walang epekto. Ang mundo ay tila “patiwarik.”

Ang AB, ay sinunod ang NET Bible, na inimumungkahi na isang pag-aayos sa unang hanay. Binago nila ang “ibabalik niya ang kaniyang bayan” (MT) sa “mapupuno sila ng pagkain,” na tila isang mas mahusay na kaagapay sa susunod na hanay.

**73:11 “Paanong nalalaman ng Diyos?”** Ang masasama ay nagpapakita ng hayagang pagmamataas at paglapastangan kay YHWH (cf. Awit 73:9).

Ang Jewish Study Bible ay may isang nakakawiling sipi (p. 1362).

> “Walang ateismo sa sinaunang panahon, tanging pagkakaunawa na ang Diyos ay kulang sa karunungan at kapangyarihan” (cf. Awit 10:4,11,13; 94:7).

Ang pagdidiin ng kakulangan ng paunang karunungan ay muling makikita sa makabagong teolohiya ng “Open Theism.” Personal kong iniisip na ang teolohiyang ito ay halaw sa isang pampanitikang pamamaraan sa OT (i.e., Diyos na nagtatanong, cf. Genesis 3:9) at ginamit ito bilang isang batayan upang salain ang lahat ng mga teksto sa Bibliya. Ito ay isang binagong anyo ng “Progressive Theism” mula kay Alfred North Whitehead.

▣ **“Kataastaasan”** Ito ang Hebreong titulo na *Elyon* (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos). Ito ay ginamit sa Genesis 14 (i.e.,pangalan ni Melchizedek para sa pagka-Diyos) apat na beses at dalawampu’t-isang beses sa Salmo, ngunit anim na beses lang sa

natitirang bahagi ni OT.

**73:13 "Tunay na sa walang kabuluhan ay nilinis ko ang aking puso"** Ito ay nagpapakilala ng pagduruda ng salmista tungkol sa kabutihan at pagkamakakarungan ng Diyos na nahaluan ng isang "aba ako" na kaisipan. Ito ay halos nagpapakilala ng "ano ito para sa akin" na saloobin sa Job 1:6-12.

Ito sa teolohiya ay katulad ng mga pagpaparatang ni Satanas laban kay Job na kaniya lamang pinaglilingkuran ang Diyos dahil sa mga pagpapala at proteksiyon ng Diyos (i.e., pananampalataya para sa mga kabutihang-loob).

Ang "dalawang daan" ng OT ay tila nabaliktad! Ito ay kung saan ang "matapat na mga taga-sunod" ay dapat matandaan na tayo ay nabubuhaw sa isang nalugmok na mundo. Ito ay hindi nilalayong maging mundo ng Diyos. Ang layunin ng OT ay upang ipakita ang sangkatauhan sa kanilang paghihimagsik at kasalanan (cf. taga-Galacia 3)!

Ang kabanalan at katapatan ay magdudulot ng kahihiyan at pagtanggi sa isang nalugmok na mundo (cf. Mateo 5:10-16), ngunit mayroong isang bagong araw na darating (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38).

▣ **"tunay"** Ang PANG-ABAY (BDB 36), na ginamit sa "pagduruda" ng Awit 73:13, ay nagiging isang patunay sa Awit 73:18! Ang salmista ay hindi nabuhay ng isang matuwid buhay na walang kabuluhan at ang masasama ay aani ng kanilang inihasik (cf. Job 34:11; Awit 28:4; 62:12; Kawikaan 24:12; Ecclesiastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:19, para sa isang buong talaan ng mga teksto sa NT cf. taga-Galacia 6:7 sa internet).

▣ **"hinugasan ang aking mga kamay sa kawalaang sala"** Ang saling ay may katiyakan, nakabatay sa

1. panimula ng MT sa Awit 73
2. Levitikong paglalarawan
3. ang pangsakripisyong termino na "bahagi" sa Awit 73:26

Ang may-akda ay maaaring isang Levita o saserdote. Ang paghuhugas ng kamay ay bahagi ng mga ritwal ng templo.

Gayunman, ang wikain ay may malawak na kahulugan ng "maka-Diyos na pamumuhay" (cf. Deuteronomio 21:6; Awit 26:6); pansinin din ang wikain sa Genesis 20:5.

**73:14** Mayroong pagkakaagapay sa pagitan ng "buong araw" at "tuwing umaga," na kapwa mga wikain para sa isang pinahabang yugto ng panahon (i.e., isang habang-buhay). Ang salmista ay nag-aangkin ng isang buhay ng katapatan.

Ang BALINTIYAK NA TINIG ng pariralang "Ako'y nasalot" (BDB 224, K 243, *Qal* DI-GANAP na kasama ng BDB 619, KB 668, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI) ay nagpapahiwatig na hindi lamang pinahintulot o pinalampas ng Diyos ang mga pagkilos at mga motibo ng masasama, ngunit ginawa sa matapat na salmista ang kung anong dapat ginawa sa mapagmataas, lapastangan sa Diyos, mga di-matapat na mga kasama sa kasunduan! Ito ang hiwaga ng mga pangyayari sa isang nalugmok na mundo. Hindi ito ang mundo na ninanais maging ng Diyos. Nangyayari ang mga bagay na hindi mula sa Diyos. Sa OT, upang itaguyod ang monoteismo, mayroon lamang isang pinanggagalingan (cf. Ecclesiastes 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6) ngunit mula sa karagdagang kapahayagan nalalaman natin na hindi ito totoo. Pinahihintulutan ng Diyos Kaniyang minamahal na nilalang upang anihin ang mga nakakakilabot na kinahinatnan ng Genesis 3. Ang mabuti balita ay

1. Aayusin Niya ito sa huli (i.e., Bagong Panahon)
2. Siya ay nasa atin sa kalagitnaan nito (cf. Awit 23)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 73:15-20**

**15 Kung aking sinabi, "Ako ay magsasalita ng ganito;"**
**narito, ako ay gagawang may karayaan sa lahi ng iyong mga anak.**

**[16]Nang aking isipin kung paanong aking malalaman ito,**
**ay napakahirap sa ganang akin;**
**[17]Hanggang sa ako ay pumasok sa santuario ng Diyos,**
**at aking nagunita ang kanilang huling wakas,**
**[18]Tunay na iyong inilagay sila sa mga madulas na dako:**
**iyong inilugmok sila sa kapahamakan.**
**[19]Kung paanong naging kapahamakan sila sa isang sandali!**
**Sila'y nilipol na lubos ng mga kakilabutan.**
**[20]Ang panaginip sa pagkagising: sa gayon,**
**Oh Panginoon, pag gumising ka, iyong hahamakin ang kanilang anyo.**

**73:15-20** Ang istropang ito ang teolohikong puso ng Awit na ito. Pansinin ang mga pangunahing punto.

1. Ang mga matapat na taga-sunod na hayagang nagpapahayag ng kanilang pagduruda at pagkalito ay nakakaapekto sa ibang mga mananampalataya.
2. Ang lugar at panahon ng pakikisama sa Diyos ay makakapagdulot ng kapayapaan sa ating pagkalito.
3. Ang kasaganahan ng masasama ay lilipas at kanilang panahon ng paghaharap sa Diyos ay tiyak na darating (cf. Awit 73:27).

Ito ay isang patunay na ang "dalawang paraan" ay patuloy na mabisa! Ating aanihin kung ano ang ating inihasik!

**73:16 "Nang aking isipin kung paanong aking malalaman ito"** Ang ating kakayahan na makaunawa sa mga paraan ng Diyos sa nalugmok, makamundo, lumilipas na pantaong kaalaman ay mapapahamak sa kabiguan (cf. Kawikaan 3:5b; Isaias 55:8-13; taga-Colosas 2:8). Ang kaalaman ay mabuti ngunit ang pagtitiwala ay mas mabuti!

**73:17 "Hanggang sa ako ay pumasok sa santuario"** Ang salitang "santuario" (BDB 874) ay PANGMARAMIHAN, na nangangahulugan ng buong nasasakupan ng templo o ang PANGMARAMIHAN NG PAGKAMAHARLIKA. Ang pagsamba ay nakatulong sa salmista na makakita nang malinaw. Maaaring napabayaan niya ito sa panahon ng kaniyang pakikibaka.

▣ **"aking nagunita ang kanilang huling wakas"** Ang kapahayagan ay dumating at ang kaniyang mga mata ay nabuksan sa malaking larawan—siya ay tumingin, kapwa sa panahon at lampas sa panahon.

**73:18-20** Ang bunga ng paghihimagsik ay hindi lamang isang nakakatakot na kamatayan ngunit isang nakakapangilabot na kawalang-hanggan (cf. Mateo 25:31-46; Lucas 16:19-31; Pahayag 20:11-15).

**73:19** Ang terminong "mga kakilabutan" (BDB 117) ay tumukoy sa kamatayan (cf. Job 18:11,14). Ang AB sa Awit ni Mitchell Dahood ay nakahanap nang maraming Hebreong mga salita at mga wikain na, dahil sa Ugaritikong paggamit ay maaaring paglalarawan para sa ang anumang mundo.

**73:20 "pag gumising"** Ang PANG-UKOL at PANDIWA (בעיר, BDB 734, KB 802, *Hiphil* PAWATAS NA KAYARIAN) ay iniwasto (LXX, Peshitta, Vulgata) sa "lungsod" (עיר, BDB 746 II). Ito ay tumukoy sa

1. "ang lungsod ng mga multo" (AB, i.e., *Sheol*)
2. isang sanggunian sa Herusalem (i.e., sila ay hindi isinama mula sa presensiya ng Diyos dahil sa kasalanan at/o pagkakatapon)

Ang konsepto ng Diyos na bumabangon mula sa pagkakatulog o pagtayo mula sa Kaniyang trono upang kumilos ay ginamit sa OT bilang paglalarawang wika upang bigyang kahulugan ang hiwaga ng tila kawalang pagkilos ng Diyos o/at ang kawalang-katarungan sa mga pangyayari sa

mundo. Ang Diyos ay inihayag ang Kaniyang sarili ngunit bakit Kaniyang mga pangako at pantaong mga kalagayan ay lubhang naiiba?

▣

**NASB** **"anyo"**
**NKJV, NJB,**
**JPSOA** **"larawan"**
**NRSV, LXX** **"mga guniguni"**
**Peshitta** **"pagsamba sa diyus-diyosan"**

Ang salitang ito (BDB 853) ay makikita lamang ng dalawang beses sa OT (cf. dito at Awit 39:6). NIDOTTE, vol. 3, p. 810, ay inimumungkahi na ito ay nagpapakilala isang larawan o anino. Ito maaaring galing sa isang ANE na salitang-ugat para sa "madilim," "itim" (isa pang anyo ay "ang libis ng anino ng kamatayan," cf. Awit 23:4).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 73:21-24**
**[21]Sapagka't ang puso ko'y namanglaw,**
**at sa aking kalooban ay nasaktan ako:**
**[22]Sa gayon ay naging walang muwang ako, at musmos;**
**ako ay naging gaya ng hayop sa harap mo.**
**[23]Gayon man ay laging sumasaiyo ako:**
**iyong inalalayan ang aking kanan.**
**[24]Iyong papatnubayan ako ng iyong payo,**
**at pagkatapos ay tatanggapin mo ako sa kaluwalhatian.**

**73:21 "kalooban"** Ito sa literal ay "mga bato" (BDB 480). Ang mga Hebreo ay tumutukoy sa lamang-loob bilang sentro ng damdamin o emosyon (cf. Job 19:27; Kawikaan 23:16) at gawaing pagkaisipan (cf. Awit 16:7).

**73:22** Ang mga hayop ay walang moral na kaunawaan. Ang mga tao ang nilalang sa larawan at wangis ng Diyos (i.e., Genesis 1:26-27). Sila lamang ang mayroong moral na kaunawaan. Ang pagkaalam sa Puno ng Mabuti at Masama sa Hardin ng Eden ay nagpapatingkad ng suliraning moral na ito (cf. Genesis 3:8-13). Ang tawagin ang sinoman na "hayop" ay nangangahulugang sila ay walang moral na saklaw o direksiyon at nabubuhay lamang tulad ng mga hayop (i.e., upang matugunan ang kanilang kagyat na mga pangangailangan o mga kagustuhan). Ang salmista ay nadama na ang kaniyang mga pagduruda at panibugho ay nagbunga sa kaniya na kumilos tulad ng isa na hindi nakakakilala sa Diyos (i.e., Awit 73:21-22). Ang lahat mga tao ay tumatahak sa ganitong mga panahon "kulang sa nararapat na" mga damdamin. Ang mga tunay na mananampalataya ay bumabangon mula sa mga panahong ito na mas malakas at mas tiyak sa dakilang kahabagan at presensiya ng Diyos! Ang mga di nararapat na pag-uugali ay maaaring maging hakbang sa mas malaking pananampalataya!

**73:23-24** Ang mga pagpapala ng Diyos ay:
1. ang Kaniyang presensiya sa ating buhay (cf. Awit 73:28a)
2. ang Kaniyang pang-araw-araw na gabay (i.e., hinahawakan ang "kanang kamay" ng salmista)
3. ang Kaniyang pagtanggap ngayon
4. ang Kaniyang pagtanggap sa walang-hanggan (tingnan ang tala sa Awit 73:24)

Kapag ang pananampalataya ay tumitingid pabalik, maliwanag nitong nikikita ang kamay ng Diyos. Ang nakalipas na katapatan at kahabagan ay nagbibigay sa matapat na tagasunod ng pag-asa at pagtitiwala sa panghinaharap presensiya at mga pangako ng Diyos!

**73:24** Ang tagapagpaliwanag ay dapat na maging maingat na hindi ipagpalagay ang kapahayagan sa NT sa may kalabuang mga teksto sa OT. Mayroong mga teksto sa OT na nagtuturo sa isang panghinaharap na pag-asa ng pisikal na buhay kasama ang Diyos. Ang tekstong ito, gayunman, ay maaaring hindi isa sa kanila.

1. ang salitang "kaluwalhatian" (BDB 458) ay hindi tumukoy sa langit sa ano mang lugar sa OT (tingnan ang UBS *Handbook*, p. 642; IVP Background Commentary, p. 540)
2. ang PANG-UKOL "sa" ay wala sa teksto (walang PANG-UKOL). Ang LXX ang nagdagdag ng "sa."
3. "kaluwalhatian" ay tumutukoy sa "karangalan" (cf. JPSOA, NRSV, Peshitta) na tila sa mga masasama, ngunit sa katotohanan, ay sa salmista

Sa kabilang banda

1. ang PANDIWA na "tatanggapin" (BDB 542, KB 534, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit kay Enoch sa Genesis 5:24, na isinalin sa presensiay ng Diyos, gaya ng kay Elijah (cf. 2 Mga Hari 2:3,10-11)
2. ang PANG-ABAY na "pagkatapos" (BDB 29) ay makikita sa Awit 73:24, na tila nagpapahayag ng isang pangwakas na pangyayari
3. "langit" (BDB 1029, tingnan ang dalawang Natatanging Paksa: Kalangitan at Natatanging Paksa: Kalangitan at ang Ikatlong Langit) ay binanggit sa Awit 73:25
4. ang terminong "magpakailan man" ay ginamit sa Awit 73:26 na may kaibahan sa "silang malayo sa iyo ay mangalilipol"

Ang pag-asa ng lahat ng matapat na mga taga-sunod ay sila makakasama ng Diyos magpakailan man (cf. Awit 23:6; 27:4-6). Ito ay hindi isang "saan" na katanungan ngunit isang "sino" na katanungan! Ang mga tayo ay nilikha para sa pakikipag-ugnayan kasama ng Diyos; wala nang iba pa!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 73:25-28**
**25 Sinong kumakasi sa akin sa langit kundi ikaw?**
**At walang ninanasa ako sa lupa liban sa iyo.**
**26 Ang aking laman at ang aking puso ay nanglulupaypay:**
**ngunit ang Diyos ay kalakasan ng aking puso, at bahagi ko magpakailan man.**
**27 Sapagka't narito, silang malayo sa iyo ay mangalilipol:**
**iyong ibinuwal silang lahat, na nangakikiapid, na nagsisihiwalay sa iyo.**
**28 Nguni't mabuti sa akin ang pagiging-malapit sa Diyos;**
**ginawa kong aking kanlungan ang Panginoong Diyos,**
**upang aking maisaysay lahat ng iyong mga gawa.**

**73:25 "walang ninanasa ako sa lupa liban sa iyo"** Ang Diyos mismo ang ating lubusang kailangan! Tayo ay nilikha para sa pakikipag-ugnayan sa Kaniya (cf. Genesis 1:26-27; 3:8).

Maaari na ang pariralang ito ay isang patunay ng pangkasunduang katapatan sa isang tunay na Diyos. Ang salmista ay nagpapahayag na hindi si kailanman makikilahok sa pagsamba sa diyus-diyosan ("kumilos bilang isang patutot," i.e., pagsamba sa diyus-diyosan, Awit 73:27).

**73:26 "Diyos ang kalakasan"** Ang Kaniyang kawalang-pagbabago ang ating pag-asa (cf. Awit 18:1-3; Malakias 3:6).

▣ **"bahagi ko magpakailan man"** Ang Diyos mismo ang mamanahin ng mga Levita (cf. Deuteronomio 10:9; 12:12; 14:27,29; 18:1; Awit 16:5; Panaghoy 3:24) at ngayon Siya ang mana ng lahat ng matapat na mga taga-sunod (cf. Mga Gawa 15; taga-Roma 2:28-29; taga-Galacia 3)!

**73:27 "nangakikiapid"** Ito sa literal ay "pumunta sa pakikiapid" (BDB 275, KB 275, *Qal* PANDIWARI). Kasangkot sa konseptong ito ang Diyos bilang asawang lalaki (cf. Osea 1-3). Ang iwanan Siya ay espiritwal na pangangalunya (cf. Exodo 34:15; Bilang 15:39; Osea 4:12; 9:1).

**73:28 "ang paggiging-malapit"** Pansinin ang pagkakaiba sa pagitan ng "silang malayo sa iyo" (Awit 73:27) at "ang pagkamalapit ng Diyos" (Awit 73:28).

▣ **"ginawa kong aking kanlungan ang Panginoong Diyos"** Ang pangalan para sa pagka-Diyos dito ay *Adonai YHWH*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos.

Para sa "kanlungan" (BDB 340) tingnan ang tala sa Awit 5:11.

▣ **"upang aking maisaysay lahat ng iyong mga gawa"** Ito ay napakahalaga na ang matapat na mga taga-sunod ay isinasalaysay kung ano ang ginawa ng Diyos para sa kanila. Ito ang kasalungat ng Awit 73:15.

Ang ilang mga iskolar ay inuuri ang Awit na ito bilang isang "Karunungang Awit," ngunit ang pariralang ito ay nagpapahiwatig na ito ay isang "Pasasalamat na Awit." Isang patotoo ng pasasalamat at isang pag-aalay sa templo ay ang karaniwang mga sangkap ng genre ng Awit.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bigyang-kahulugan ang salitang "mabuti" sa Awit 73:1.
2. Ano ang ibig-sabihin ng malinis na puso? (Awit 73:1)
3. Bakit halos mawala ang pananampalataya/pagtitiwala/pananalig ng salmista kay YHWH?
4. Sino ay "ang masasama" na inilalarawan sa Awit 73:3-9?
5. Sa paanong paraan magkaagapang Awit 73:13 sa mga paratang ni Satanas sa Job 1-2?
6. Paano nakaalpas ang salmista sa kaniyang pagduruda?
7. Itala ang mga pakinabang ng mga talatang Awit 73:23-24.
8. Ang Awit 73:25-26 ay nagpapahayag ba ng pagtatanggol sa buhay na ito o ang pagkatapos? Bakit, bakit hindi?
9. Ano ang ibig-sabihin ng Awit 73:28a?

# AWIT 74

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Pagsamo Laban sa Pagkawasak ng Lupain sa pamamagitan ng Kaaway<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni Asaph | Isang Pagsamo para sa Pagsaklolo mula sa mga Mapang-api | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa mga Pamban-sang Kaaway | Isang Panalangin para sa Pambansang Paglalaya | Panaghoy sa Sako ng Templo |
| 74:1-11 | 74:1-8 | 74:1-3 | 74:1-3 | 74:1-2 |
| | | | | 74:3-5a |
| | | 74:4-8 | 74:4-8 | |
| | | | | 74:5b-7 |
| | | | | 74:8-9 |
| | 74:9-17 | 74:9-11 | 74:9-11 | |
| | | | | 74:10-11 |
| 74:12-17 | | 74:12-17 | 74:12-17 | 74:12-13 |
| | | | | 74:14-15 |
| | | | | 74:16-17 |
| 74:18-21 | 74:18-21 | 74:18-19 | 74:18-19 | 74:18-19 |
| | | 74:20-23 | 74:20-21 | 74:20-21 |
| 74:22-23 | 74:22-23 | | 74:22-23 | 74:22-23 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang Awit na ito ay isang pagsamo sa Kasunduang Diyos na alalahanin (cf. Awit 74:1,18,22) ang Kaniyang bayan sa panahon nang ang Lupang Ipinangako (cf. Genesis 12:1-3) ay sinakop at tinirhan ng mga pagano (cf. Awit 74:4-8).
Pansinin ang kontekstuwal na agos ng MGA PAUTOS (i.e., mga panalanging nakikiusap).
   1. alalahanin mo ang iyong kapisanan, Awit 74:2
   2. itaas (i.e., itaas ang iyong mga paa), Awit 74:3
   3. lipulin sila, Awit 74:11
   4. alalahanin ito, Awit 74:18
   5. magkaroon ng pitagan sa kasunduan, Awit 74:20
   6. bumangon, Awit 74:22
   7. ipaglaban mo ang iyong sariling usap, Awit 74:22
   8. alalahanin mo kung paanong dinuduwahagi ka ng mangmang, Awit 74:22

B. Pansinin ang iba't-ibang mga parirala na naglalarawan ang kasunduang bayan.
   1. mga tupa ng iyong pastulan, Awit 74:1
   2. ang lipi ng iyong mana, Awit 74:2
   3. Iyong kalapati, Awit 74:19
   4. ang dukha at nangangailangan, Awit 74:19,21

C. Pansinin ang iba't-ibang mga parirala na ginamit upang ipakilala ang templo.
   1. Bundok ng Sion, Awit 74:2
   2. mga walang hanggang guho, Awit 74:3
   3. Iyong santuario, Awit 74:3, 7
   4. Iyong kapulungan, Awit 74:4
   5. ang tahanang dako ng Iyong pangalan, Awit 74:7

D. Pansinin ang istropa (Awit 74:12-17, karamihan ay MGA GANAP) na naglalarawan ng Diyos bilang Hari ng paglalang, na ginagamitan ng mga larawan mula sa Genesis 1 (cf. Awit 104) at Ugaritikong panulaan.

E. Ito ay nakakagulat na ang kasunduang bayan ay hindi nalaman kung bakit sila pinabayaan ni YHWH (i.e., para sa kanilang kawalang-katapatan sa kasunduan). Sila ay hindi nagbigay ng anumang pahiwatig ng pagsisisi ngunit namimilit sa katapatan ng Diyos sa Kaniyang mga pangako (pansinin kung paano naiiba ang Awit 79).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 74:1-11**

**1 Oh Diyos, bakit mo itinakuwil kami magpakailan man?**
**Bakit ang iyong galit ay umuusok laban sa mga tupa ng iyong pastulan?**
**2 Alalahanin mo ang iyong kapisanan na iyong binili ng una,**
**na iyong tinubos upang maging lipi ng iyong mana;**
**at ang bundok ng Sion na iyong tinahanan.**
**3 Itaas mo ang iyong mga paa sa mga walang hanggang guho,**
**ang lahat na kasamaang ginawa ng kaaway sa santuario.**
**4 Ang mga kaaway mo ay nagsisiangal sa gitna ng iyong kapulungan;**
**kanilang itinaas ang kanilang mga watawat na pinakatanda.**
**5 Sila'y tila mga tao na nangagtaas**

**ng mga palakol sa mga kakahuyan.**
**6At ngayo'y lahat ng gawang inanyuan doon.**
**Kanilang pinagputolputol ng palakol at ng mga pamukpok.**
**7Kanilang sinilaban ng apoy ang iyong santuario;**
**kanilang dinumhan ang tahanang dako ng iyong pangalan hanggang sa lupa.**
**8Kanilang sinabi sa kanilang puso, lubusang nating silang gibain:**
**kanilang sinunog ang lahat na sinagoga ng Diyos sa lupain.**
**9Hindi namin nakikita ang aming mga tanda:**
**Wala nang propeta pa;**
**at wala mang sinoman sa amin na nakakaalam kung hanggang kailan.**
**10Hanggang kailan, Oh Diyos, mangduduwahagi ang kaaway?**
**Lalapastanganin ba ng kaaway ang iyong pangalan magpakailan man?**
**11Bakit mo iniuurong ang iyong kamay, ang iyong kanan?**
**Ilabas mo sa iyong sinapupunan, at iyong lipulin sila.**

**74:1** Ang pagkatalo at pagkasakop ng Lupang Ipinangako (cf. Genesis 1:1-3) ay lubhang nakakagulat sa salmista na kaniyang tinanong ang katanungan na lahat ng kasunduang bayan ay iniisip. Kaniyang naramdaman na sila ay "natatangi" (cf. Exodo 19:5- 6, ngunit nakalimutan na ang mga pangako ng Diyos ay may pasubali sa kanilang matapat na pagsunod (cf. Exodo 19:5; Levitico 26; Deuteronomio 27-30). Ang masaganang pagpapala at proteksiyon na mula sa Diyos ay bahagi ng Diyos ngunit ang Kaniyang bayan ay mayroon ding pananagutan (i.e., pagsunod, cf. Deuteronomio 10:12-13).

Ang salmista ay ipinakilala ang kaniyang panalangin sa pamamagitan ng pagtatanong (NASB).

1. Awit 74:1 – dalawang katanungan
2. Awit 74:10 – isang katanungan
3. Awit 74:11 – isang katanungan

▣ **"iyong galit ay umuusok"** Ito sa literal ay "iyong nagbabang mga butas ng ilong." Ito ay isang antropomorpikong wikain (tingnan ang Natatanging Paksa: Diyos na Inilalarawan bilang Tao) ng kahatulan ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy).

**74:2 "Alalahanin"** Ito ang una sa tatlong gumagamit ng termino (BDB 269, KB 269, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 74:1,18,22). Ang salmista ay nakikiusap sa Diyos na alalahanin ang Kaniyang kasunduan (cf. Awit 74:20, "magkaroon ng pitagan sa kasunduan," BDB 613, KB 661, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 106:45; Levitico 26:42).

Ang mga pinuno ng OT ay kadalasang idinadalangin ang ganitong panalangin. Ninanais nilang alalahanin ng Diyos ang Kaniyang mga pangako at kalimutan ang kanilang mga kasalanan! Sa katunayan, sila ay nananalangin para sa mahabaging katangian ng Diyos upang hindi mapansin ang kanilang mga paglabag sa kasunduan. Ito ay nagpapakita ng kahinaan ng pantaong pagsasakatuparan bilang paraan sa paglapit sa Diyos! Ito, gayunman, ay nagtuturo sa pangangailangan ng isang "bagong kasunduan" (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38), na nakabatay sa kahabagan ni YHWH na saligan ng pagtanggap at pasasalamant sa panawagan ng maka-Diyos na pamumuhay.

▣ **"iyong binili"** Ito ay larawan sa OT na gumagamit ng isang pangkalakal na termino ("pagbili," BDB 888, KB 1111, *Qal* GANAP) upang ilarawan ang kasunduan ni YHWH (cf. Exodo 15:13,16; Deuteronomio 32:6). Sila ay sa Kaniya sa pamamagitan ng Kaniyang pagpili at Kaniyang mga pagkilos, hindi kanilang kagalingan (cf. Deuteronomio 9:4-6).

▣ **"ng una"** Ang pariralang ito ay nagtuturo sa isang pagkilos ng Diyos sa nakalipas. Sa Awit 74:12-17 ito ay tumutukoy sa paglalang; dito, ito ay tumutukoy sa ang Exodo.

Sa Awit na ito, ang mga gawa ng Diyos kapwa sa paglalang at ang Exodo ay pinagsama. Ito ay mahirap na matiyak kung anong wikain, PANDIWA, o talata ang tinutukoy nito.

Ang kasalukuyang kalagayan ng kasunduang bayan ay kalunos-lunos (cf. Awit 74:3). Ang salmista ay binabanggit ang mga nakalipas na mga gawa ng Diyos sa kaligtasan/pagpapalaya (i.e., alinman sa panimulang chaos o pagkaalipin sa Ehipto).

▣ **"tinubos"** Ang PANDIWA (BDB 145, KB 169, *Qal* GANAP) ay isang sentrong konsepto sa (1) Exodo (cf. Exodo 6:6; 15:13) at (2) teolohikong layunin sa sistemang pag-aalay ng Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtubos/Tinubos.

▣ **"ang lipi ng iyong mana"** Ang pariralang ito ay hindi tumukoy sa isa sa labing-tatlong tribo na mula kay Jacob, ngunit sa kanilang lahat (cf. Jeremias 10:16; 51:19). Sa Isaias 63:17, ang "tribo" ay PANGMARAMIHAN ngunit tumutukoy din sa binhi ni Jacob/Israel at ang panimulang mga pangako kay Abram (cf. Genesis 12; 15; 17).

▣ **"bundok ng Sion"** Tingnan ang mga tala sa Awit 2:6; 9:11; at 20:2. Tingnan ang Natatanging Paksa: Sion.

**74:3** Ang *Hiphil* PAUTOS ("itaas") ay isa pang panalanging kahilingan na nagsasamo sa Diyos na bumalik sa lugar ng templo kung saan Siya nananahan (cf. Awit 74:2c, "ay nananahan," BDB 1014, KB 1496, *Qal* GANAP).

Ang Kaniyang santuario ay napinsala, nawasak, at sinakop ng paganong mga mananakop (cf. Awit 74:3-4).

▣ **"kaaway"** Pansinin ang iba't-ibang mga paraan na ang mga paganong mananakop ay ipinakilala.

1. mga kaaway – Awit 74:3,10,18
2. mga kaaway – Awit 74:4,10,23
3. isang mangmang na bayan, Awit 74:18,22
4. mabangis na hayop, Awit 74:19

Mayroong dalawang mungkahi tungkol sa pangkasaysayang kalagayan na tumawag sa pambansang panaghoy na ito.

1. ang pagsakop ng Neo-Babilonia noong 586 B.C., kung saan nasunod ang templo (cf. Awit 137)
2. ang pagsakop sa Edom noong 485 B.C., kung saan ang templo ay dungisan at nawasak

**74:4-8** Pansinin ang maliwanag na pagkakaagapay sa paggamit ng, "sila. . ." (NASB). Ang mga talata ay naglalarawan kung ano ang ginawa ng mga paganong mananakop na nagdulot kay YHWH na kumilos para sa kapakanan ng Israel.

1. sinira nila ang templo, Awit 74:3a (cf. Panaghoy2:6)
2. sila ay nagsisiangal (i.e., simbolo ng tagumpay, cf. Panaghoy 2:7) sa templo, Awit 74:4a
3. itinaas nila ang kanilang paganong tanda (i.e., mga watawat, mga inukit, altar), Awit 74:4b
4. winasak nila ang gawang sinig ng pinananahanang lugar ni YHWH, Awit 74:5-6
5. winasak nila ang templo sa apoy, Awit 74:7a (i.e., 2 Mga Hari 25:9; 2 Cronica 36:19)
6. dinungisan nila ang templo, Awit 74:7b
7. ninais nila na lubusang mawasak ang ipamamana ng Diyos, Awit 74:8a
8. sinunog nila ang lahat ng mga maka-YHWH dambana, Awit 74:8b

**74:4 "Ang mga kaaway mo"** Kung ang pagsusunog ng templo ay binanggit sa Awit 74:7 ay katulad ng sa 2 Mga Hari 25:9, samakatuwid ang mga kaaway ay mga taga-Babilonya (cf. Panaghoy 2).

▣ **"nagsisiangal sa gitna ng iyong kapulungan"** Ang larawang ito ay naglalarawan ng paganong pananakop sa lugar ng templo. Ang PANDIWA na "nagsiangal" (BDB 980, KB 1367, *Qal* GANAP) ay

nagpapakilala ng mapanira at matagumpay na kamatayan ng natatanging lugar pinananahanan ng diyos. Ang PANDIWA ay ginamit sa mga leon, na nagpapakilala ang katakawan at kapangyarihan ng ang mga paganong mananakop (cf. Isaias 5:29; Jeremias 2:15).

**74:5-6** Si Dahood, sa The Anchor Bible (vol. 17b, p. 202), ay sinabing "ang mga talatang 5 at 6 ay kasama sa pinaka-malabo at pinakamahirap sa buong Salmo." Sa konteksto, ito ay dapat naglalarawan ng isang bagay na ginawa ng mga paganong mananakop sa templo bago nila ito sinunog. Ito ay nagpapakilala ng galit ng mga mananakop laban sa natatanging lugar ng pagsamba kay YHWH. Ninais nilang lubusang hiyain ang Diyos ng Israel.

**74:5** Ang LXX ay may pangbukas na linya bilang "kahit na sa pasukan sa taas" (i.e., ang pasuka sa itaas ng templo). Ang Hebreong ugat, עלה (BDB 750-751) ay maaaring mangahulugang

1. dahon, mga dahon
2. buong sinunog na alay
3. pag-akyat, hagdanan

Sa talatang ito, ipinagpapalagay ko na ito ay tumutukoy sa isang pasukan sa templo o lugar ng templo.

**74:6 "palakol. . .mga pamukpok"** Ang dalawang termino (BDB 506 at BDB 476) ay makikita lamang dito sa OT. Ang Awit na ito ay mayroong bihira at walang katulad na termino.

Ang paglalarawan ng "mga palakol" at "mga pamukpo" ay maaaring magpakilala ng paglalarawan ni Jeremias sa hukbo ng Babilonya (cf. Jeremias 46:22-23).

**74:8 "lubusang nating silang gibain"** Mayroong walang katiyakan sa MT. Ang hanay ay maaaring tumukoy sa

1. lubusang pagpuksa ng kasunduang bayan
2. pagkawasak ng templo at mga lokal na lugar ng pagsamba

**74:9-11** Ang kasunduang bayan ay maaaring hindi naunawaan ang tila pagkawala at katahimikan ni YHWH. Pinili Niyang hindi kumilos at kinuha kahit na ang Kaniyang mga tagapagsalit sa propesiya. Sila ay nagsamo sa Kaniya na kumilos, upang ipagtanggol ang Kaniyang pangalan at templo at bayan!

Ang suliranin ay may maraming mga aspeto.

1. Kung ang mananakop ay Babilonya samakatuwid, si YHWH ay lumalaban sa kanilang panig.
2. Ang Israel ang layon ng Kaniyang poot para sa kanilang pagsamba sa diyus-diyosan at kawalang-pananampalataya.
3. Gayunman, si YHWH ay may isang walang-hanggan pangkatubusang plano na isinasama ang binhi ni Abraham (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).
4. Siya ay kapwa hahatol at ililigtas ang Israel!

**74:9 "propeta"** Tingnan ang pagkakaagapay sa Panaghoy 2:9.

## NATATANGING PAKSA: PROPESIYA SA OT
## (SPECIAL TOPIC: OT PROPHECY)

**74:10** Ginamit ni YHWH ang mga pagano upang hatulan ang Kaniyang bayan ngunit sa katapusan, sila ay hahatulan din dahil

1. sila ay nanlait – BDB 357, KB 355, *Piel* DI-GANAP, cf. Awit 74:18 (isa pang halimbawa: Zephanias 2:8,10)
2. sila ay namuhi sa Kaniyang pangalan – BDB 610, KB 658, *Piel* DI-GANAP

Ang DI-GANAP ay nagpapakilala isang nagpapatuloy na pagkilos at pag-uugali.

▣ **"hanggang kailan"** Ito ay isang inuulit na katanungan sa Awit (cf. Awit 6:3; 13:1; 44:23-24; 79:5; 80:4; 85:5; 89:46; 90:13; 94:3). Ang impormasyong ito ay dapat na nagmula sa isang saserdote o propeta.

1. ang templo ay nasira (walang mga saserdote)
2. walang mga propeta (Awit 74:9)

Ito ay isang tanong na itinatanong ng lahat ng naghihirap na matapat na mga taga-sunod sa isang nalugmok, di-perpektong mundo. Ang mundo ay nalugmok, ngunit ang Diyos ay patuloy na namamahala (cf. Awit 74:12-17).

▣ **"Iyong pangalan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

**74:11** Ang kakulangan ng pagtataguyod ni YHWH para sa Israel ay nagpapadala ng maling mensahe sa mundo (cf. Ezekiel 36:22-38). Siya ay dapat na kumilos upang ipakita sa mundo kung sino Siya at ang Kaniyang mas dakilang layunin (cf. Awit 59:13-15).

▣ **"Iyong kanang kamay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Diyos na Inilalarawan bilang Tao (antropomorpismo).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 74:12-17**

**12Gayon man ang Diyos ay aking Hari ng una,**
**na nagliligtas sa gitna ng lupa.**
**13Iyong hinawi ang dagat sa iyong kalakasan:**
**iyong pinagbasag ang mga ulo ng mga buwaya sa mga tubig.**
**14Iyong pinagputolputol ang mga ulo ng leviatan,**
**ibinigay mo siya na pagkain sa bayan na tumatahan sa ilang.**
**15Ikaw ay nagbukas ng bukal at ilog:**
**iyong tinutuyo ang mga malaking ilog.**
**16Ang araw ay iyo, ang gabi ay iyo rin:**
**iyong inihanda ang liwanag at ang araw.**
**17Iyong inilagay ang lahat ng mga hangganan ng lupa:**
**iyong ginawa ang taginit at taginaw.**

**74:12-17** Ang istropang ito ay paraan ng salmista sa pagtuon sa mga kahanga-hanga, mapanlikhang mga gawa ng Diyos (i.e., Genesis 1 o ang Exodo). Siya ang Diyos ng paglalang! Siya ang nagdala sa mundong ito sa pag-iral para sa isang layunin. Ang Israel ay isang napakahalagang bahagi ng layuning iyon (i.e., Awit 74:12, tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

Pansinin ang pagkakaagapay (i.e., "Iyo. . .," BDB 61 ginamit nang pitong beses na may GANAP NA MGA PANAHUNAN), na maaaring tumukoy sa panimulang paglalang ng Genesis 1 o ang pagkatalo ng Ehipto at ang Exodo.

1. hinawi (ang Hebreong salita ay di-tiyak, sinusundan nito ang BDB 830 II, ngunit ang KB 978 ay hindi pinapagtibay ang paggamit nito) ang dagat
2. iyong pinagbasag ang mga ulo ng mga buwaya (maaaring PANG-ISAHAN at, samakatuwid, kaagapay ng Leviatan)
3. Iyong pinagputolputol ang mga ulo ng Leviatan
4. ibinigay mo siya na pagkain sa bayan na tumatahan sa ilang (sa konteksto "mga nilalang" ay tila pinakaakma, cf. Isaias 13:21-22; 23:13; 34:14; Jeremias 50:39, NRSV, TEV, NJB)
5. nagbukas ng bukal ng tubig
6. tinutuyo ang mga malaking ilog
7. inihanda ang liwanag at gabi
8. inilagay ang lahat ng mga hangganan ng lupa (i.e., mga dagat, mga panahon, gabi at araw)

9. bumuo ng mga kapanahunan (i.e., pagsasaka)

**74:12 "aking Hari"** Sa aking palagay, ang konsepto ni YHWH bilang "Hari" ay may dalawang maaring mga sanggunian.

1. Siya ang totoong pinuno/makapangyarihan sa kasunduang bayan (cf. Awit 89:1-4, tingnan ang tala sa Awit 44:4)
2. Siya ay binigyan ng ganitong titulo dahil sa pagkilos bilang manlilikha sa Kaniyang pagkatalo sa kaguluhan o chaos sa tubig (i.e., Rahab/Leviatan [mga halimaw ng chaos ng Cananeo], cf. Job 26:12; Awit 89:5-10; 93:1-5; Isaias 51:9)

Ang OT ay nagpapakilala ng dalawang modelo ng paglalang.

a. Genesis 1-2 (nagsasalita upang umiral)
b. Awit 89; 96 (pagkatalo ng chaos, gamit ang mga mitolohikong larawan mula sa Sumer, Babilon, at Canaan. Ito ay hindi hinahangang na magbigay ng katotohanan sa mga paganong pananaw sa mundo ng ANE worldviews ngunit upang tulungang maiugnay ang mensahe ni YHWH sa bayan ng mga kulturang naturan, tingnan ang NIDOTTE, vol 4, p. 548, #7)

**74:14 "Leviatan"** Ang terminong ito ay karaniwang sa Ugaritikong mitolohiya (cf. Isaias 27:1). Tingnan ang sa ibaba ang aking tala mula sa **Isaias 27:1:**

▣ **"Leviatan na maliksing ahas"** Ang Leviatan (BDB 531) ay tila isang Ugaritikong mitolohikong haypo sa dagat (i.e., Job 41:19-21) na binanggit sa Job 3:8; Awit 104:26; Amos 9:3. Gayunman, minsan ito ay ginamit bilang isang simbolo para sa isang masamang bansa (cf. Awit 74:13-14, maaaring Ehipto). Maitutulad ito sa isang ilog na umaahas sa kanilang lupain. Minsan, ang terminong ito ay tiyakang naugnay kay "Rahab," na isang paraan ng pagtukoy sa Ehipto (cf. Awit 87:4; 89:9-10; at Isaias 30:7). Ito ay tila para sa akin, sa konteksto, tayo ay nagsasalita tungkol sa isang ilog na sumasagisag sa isang pambansang kaaway, alinman sa Ehipto o Asiria (cf. Awit 74:12). Ang dahilan kung bakit ang terminong ito ay maaaring gamitin na simboliko nang walang-alinlangan ay dati itong ginamit sa ilang mitolohikong panitikan ng Canaan (cf. Awit 74:12-17; tingnan si G. Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties*, pp. 239-240).

Mayroong isang pagkakaagapay sa pagitan ng

1. ang tumatakas na ahas (BDB 638 I) o dambuhala ng dagat (NASB talababa)
2. ang baluktot ng dambuhala ng dagat
3. ang dragon na naninirahan sa dagat

Ang katulad nitong pagkabanggit ay matatagpuan sa (1) Ugaritikong mga tula at (2) Isaias 51:9, na ginamit si "Rahab," na makikilala din sa terminong "dragon" (BDB 1072). Ang tila kaugnayan lamanag sa pagitan ng talatang ito at ang konteksto ay Isaias 27:11-12.

1. si YHWH bilang manlilikha, Awit 74:11
2. dumadaloy ng mga agos ng Euphrates at ang batis ng Ehipto sa Awit 74:12
3. ang wakas ng panahon ay tulad na pasimula ng panahon (i.e., Genesis 1-2; Pahayag 21-22)

Tila ang Isaias ay isang talaan ng kaniyang mga sinula sa maraming taon at tinipon batay sa mga paglalaro ng salita o mga paksa, hindi kasaysayan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 74:18-21**

**18Iyong alalahanin ito, na nangduwahagi ang kaaway, Oh Panginoon,**
**at nilapastangan ng mangmang na bayan ang iyong pangalan.**
**19Oh huwag mong ibigay ang kaluluwa ng inakay**
**ng iyong kalapati sa mabangis na hayop:**
**huwag mong kalimutan ang buhay ng iyong dukha magpakailan man.**
**20Magkaroong pitagan ka sa kasunduan:**
**sapagkat ang mga madilim na dako ng lupa ay puno ng mga tahanan ng karahasan.**

**[21]Oh huwag bumalik na may kahihiyan ang naaapi:**
**pupurihin ng dukha at mapagkailangan ang iyong pangalan.**

**74:18-21** Ang istropang ito ay binabanggit sa panimulang panalangin ng Awit 74:1-11. Si YHWH ay kailangang kumilos sa pagpapalaya

1. dahil ang kaawayay nanglalait at namumuhi sa Kaniyang pangalan (cf. Awit 74:10)
2. dahil ang Israel ay Kaniyang natatanging bayan (cf. Exodo 19:5-6)
3. dahil sa Kaniyang mga pangako kay Abraham (cf. Genesis 12:1-3)
4. dahil ang Kaniyang mga pagkilos ay magdadala ng tamang mensahe sa mga bansa na ninanais Niyang makakakilala at tumanggap sa Kaniya

Mayroong apat na MGA PANGKAUTUSAN at dalawang MGA PAUTOS.

1. MGA PAUTOS
   a. alalahanin – BDB 269, KB 269, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 74:1,18,22
   b. magkaroong pitagan – BDB 613, KB 661, *Hiphil* PAUTOS
2. MGA PANGKAUTUSAN
   a. huwag ibigay – BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, Awit 74:19
   b. huwag kalimutan – BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, Awit 74:19b
   c. huwag bumalik na may kahihiyan ang naaapi – BDB 996, KB 1427, *Qal* PANGKAUTUSAN , Awit 74:21a
   d. pupurihin ng dukha at mapagkailangan ang iyong pangalan – BDB 237, KB 248, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, Awit 74:21b

**74:19 "inakay ng kalapati"** Sa salitang ito (BDB 1076 II) ay ginamit

1. sa isang hayop na iaalay, cf. Genesis 15:9; Levitico 1:14; 5:7,11; 12:6,8; 14:23,30; 15:14,29; Bilang 6:10
2. sa isang galang ibon, cf. Awit ni Solomon 2:12; Jeremias 8:7
3. bilang isang simbolo ng pangkasunduang bayan, cf. Awit 74:19

Mayroong isa pa, mas karaniwan, salitang para sa "kalapati" (BDB 401) ay ginamit din sa itaas na paraan (i.e., Awit ni Solomon 2:14; 5:2; 6:9). Ang termino sa Awit 74 ay maaaring mangahulugang

1. kawalang-kakayahan
2. inalay ni YHWH ang Kaniyang bayan sa kahatulan
3. isang salita ng pag-ibig na nagpapakita ng Kaniyang pag-ibig para sa Israel (Osea 7:11; 11:11)

Kapwa talata ng Awit 74:19 ay tumukoy sa katulad na bagay, kaya ang #1 ay maaaring tama.

Ang NEB, na sumusunod sa LXX, ay inimumungkahi ang isang pag-aayos ng "ng iyong kalapati," תורך, sa "nagpupuri sa Iyo," תודך. Ang UBS Text Project (p. 325) binibigyan ang opsyon #1 ng isang "C" na antas (hindi kakaunting pagduruda).

**74:20** Mahirap bigyang kahulugan ang talatang ito. Ito ba ay tumukoy sa

1. karahasan ng mga mananakop
2. lugar ng pagkakatapon sa bayan ng Diyos
3. may kalabuang sanggunian sa *Sheol*, ang pinakamalalim na lugar (i.e., gaya ng *Sheol*, gayundin ang mundo, kahit na ang Lupang Ipinangako)

Tila pinakamainam para sa akin na tinggan ang Awit 74:20 at 21 na magkasama habang ang pag-aapi ay nararanasan ng pangkasunduang bayan. Kung ang pangkasaysayang kalagayan ay Babilon, samakatuwid ay pagkakatapon; kung Edom, samakatuwid ay sa lupain ng Canaan.

**74:21 "dukha at mapagkailangan"** Hindi ito tiyakang tumutukoy sa mahihirap ngunit sa

paghihirap, ang pangkasunduang bayan (i.e., ang matapat na natira, cf. NIDOTTE, vol. 3, p. 459).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 74:22-23**
**[22]Bumangon ka, Oh Diyos, ipaglaban mo ang iyong sariling usap:**
**alalahanin mo kung paanong dinuduwahagi ka ng mangmang buong araw.**
**[23]Huwag mong kalimutan ang tinig ng iyong mga kaaway:**
**ang ingay niyaong nagsisibangon laban sa iyo ay patuloy na lumalala.**

**74:22-23** Ito ay isang pangwakas na panalangin para kay YHWH upang kumilos.

1. bumango – BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS
2. ipaglaban mo ang iyong sariling usap – BDB 936, KB 1224, *Qal* PAUTOS (mukha-sa-mukhang pagtatagpo sa hukuman kasama silang nanglait sa Kaniyang pangalan at bayan, cf. Awit 74:3-11)
3. alalahanin mo kung paanong dinuduwahagi ka ng mangmang – BDB 269, KB 269, *Qal* PAUTOS

YHWH, kung ikalulugod ninyong kumilos! Kumilos upang malaman ng mundo (cf. Awit 55:13; 83:18; Ezekiel 36:22-38).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Awit na ito ay tungkol sa paglusob at pagsakop ng Lupang Ipinangako. Hinihiling nito ang Diyos na alalahanin ang (cf. Awit 74: 2,18,22) Kaniyang mga pangkasunduang pangako ngunit hindi binanggait kung bakit pinahintulutan ng Diyos ang Israel/Judah na matalo. Bakit nga ba?
2. Sino ng mga mananalakay?
3. Gumagamit ba ang Hebreong Bibliya ng mitolohikong paglalarawan mula sa ANE? Ano? Bakit?
4. Bakit lubhang mahirap maunawaan ang Awit 74:5-6 at 74:20?
5. Sino ang pinatutungkulan ng “dukha” sa Awit 74:21?

# AWIT 75

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ibinababa ng Diyos ang Mapagmataas, ngunit Itinataas ang Matutuwid<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit *set* patungo sa Al-tashheth. Isang Awit ni Asaph. Isang Awit | Pasasalamat para sa Matutu-wid na Paghatol ng Diyos | Pambansang Pasasalamat para sa mga Kahahanga-hangang mga Gawa ng Diyos | Diyos ang Hukom | Ang Hukom ng Sanlibutan |
| | 75:1 | 75:1 | 75:1 | 75:1 |
| 75:1-5 | 75:2-3 | 75:2-5 | 75:2-5 | 75:2-3 |
| | 75:4-5 | | | 75:4-5 |
| | 75:6-8 | 75:6-9 | 75:6-8 | 75:6-8 |
| 75:6-8 | 75:9 | | 75:9-10 | 75:9-10 |
| 75:9-10 | 75:10 | 75:10 | | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Mahirap na malaman kung kailan nagsasalita ang salmista at kailan siya nagsasalita para sa Diyos.
   1. Awit 75:1 – maliwanag na salmista
   2. Awit 75:2-3 – maliwanag na Diyos
   3. Awit 75:4-5 –maaaring isa sa kanila
   4. Awit 75:6-8 – ang salmista
   5. Awit 75:9 – Diyos (MT, "ako")

B. Ang mga gawa ng Diyos at samakatuwid ang Kaniyang mga gawa ay dapat na maitala at maipaliwanag (i.e., inspirasyon) sa mga taong may-akda upang ilagay ang kapahayagang ito sa isang anyo na maaaring ipasa sa panghinaharap na mga salin-lahi (i.e., pasalita, pasulat, mga kuwento).

C. Ang Manlilikha ay mangangailangan ng isang pagtatala sa pangangalaga ng kaloob na buhay at kapahayagan sa bawat nilalang na tao (cf. Awit 19:1-6,7-11)! Ang katarungan na isang araw ay darating!

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 75:1-5**

**1 Kami ay nagpapasalamat sa iyo, Oh Diyos: kami ay nagpapasalamat,**
**sapagkat ang iyong pangalan ay malapit:**
**isinasaysay ng mga tao ang iyong mga kagilagilalas na gawa.**
**2 Pagka aking nakamtan ang takdang kapanahunan,**
**hahatol ako ng matuwid.**
**3 Ang lupa at lahat na tagarito ay natutunaw:**
**aking itinayo ang mga haligi niyaon. (Selah)**
**4 Aking sinabi sa hambog, Huwag kang gumawang may kahambugan:**
**at sa masama, Huwag kang magtaas ng sungay:**
**5 Huwag mong itaas ang iyong sungay ng mataas;**
**huwag kang magsalitang may matigas na yabang.**

**75:1 "kami ay nagpapasalamat"** Ang PANDIWA (BDB 392, KB 389, *Hiphil* GANAP) ay inuulit nang dalawang beses para sa pagbibigay-diin (tingnan ang Awit 107:1,8,15,21,31). Ang termino sa *Hiphil* ay kadalasang ginagamit (65 beses) sa Salmo. Ito ay karamihang isinasalin bilang "nagpupuri," ngunit sa Awit 32:5 ito ay isinaling "pag-amin."

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV** | **"sapagkat ang iyong pangalan ay malapit"** |
| **NJB, RSV, Peshitta, LXX** | **"kami ay tatawag sa iyong pangalan"** |
| **JPSOA** | **"ang iyong presensiya sa malapit"** |

Ang MT ay sinundan ng NASB. Ang UBS Text Project (p. 326) ay nagbibigay sa pangalawang opsyon ng isang "C" na antas (hindi kakaunting pagduruda), ngunit tinatanggap ito bilang halos orihinal na teksto.

Ang suliranin ay, ano ang kahulugan ng "at malapit sa Iyong pangalan"?

1. aming ihahayag ang Iyong presensiya sa Iyong bayan sa mga gawa ng pagpapalaya
2. Kayo (i.e., "Iyong pangalan," na katumbas ng personal na presensiya ni YHWH) ay malapit ngayon at tayo ay makakaasa na Kayo ay kikilos (dahil sa kasalanan ng Israel, hindi sila palaging ipagtatanggol ni YHWH)
3. tayo ay tumatawag sa Iyong pangalan at inihahayag ang Inyong ginawa para sa kasunduang bayan (dalawang magkahiwalay na gawa)
4. Ang AB ay ginagawa itong isang titulo para sa Diyos, "O Isang malapit," gaya nito
   a. "ang Isang Mataas" sa Awit 75:5a
   b. "ang Isang Tagumpay" sa Awit 75:6 (dalawang beses)
   c. "ang Isang Walang-hanggan" sa Awit 74:9
   d. "ang Isang Matuwid" sa Awit 74:10

   Inaangkin ng AB na mayroong labindalawang maka-Diyos na mga pangalan sa Awit na ito.

▣ **"isinasaysay ng mga tao ang iyong mga kagilagilalas na gawa"** Gaya ng pagturo ng Israel sa kaniyang mga anak tungkol sa kanilang mga ninuno at mga pangako ng Diyos (cf. Deuteronomio 4:9,10; 6:7,20-25; 11:19; 32:46), kanilang ipinapasa ang mga pangako at katuparan nito sa susunod na salin-lahi. Ang mga "mga kagilagilalas na gawa" (BDB 810, KB 927, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kahanga-hangang Bagay) ay ang makapangyarihang mga gawa ng pagpapalaya, pagkalinga, at pagtustos na naranasan ng Israel sa mahabang panahon ng kaniyang kasaysayan.

Ang kapahayagan ng katangian, mga pangako, at matapat na mga pamamagitan ni YHWH ay isang paraan upang

1. mapanatili sa pananampalataya ang Israel
2. dalhin ang mga bansa sa pananampalataya

Ang NIDOTTE, vol. 3, p. 284, ay nagtala ng iba't-ibang mga salita na ginamit sa paglalarawan ng mga gawa ng Diyos na naghahayag ng Kaniyang katangian.

1. mga kagilagilalas na mga gawa, cf. Awit 9:1; 26:7; 40:5; 75:1
2. gawa/ mga gawa, cf. Awit 44:1; 73:28; 107:22; 118:17
3. kaluwalhatian, cf. Awit 96:3
4. katuwiran, cf. Awit 71:15
5. maharlikang pag-ibig, cf. Awit 88:11
6. kadakilaan, cf. Awit 145:6

**75:2-5 "Pagka aking nakamtan ang takdang kapanahunan"** Sa mga talatang ito, ang Diyos ang tagapagsalita. Ito ay maaring maiugnay sa Awit 74:22-23 (i.e., Diyos ay nangangatuwirang sa Kaniyang kalagayan).

**75:2 "aking nakamtan ang takdang kapanahunan"** Ito ay isang pampanitikang paraan ng paghahayag ng pagka-soberano ng Diyos. Siya ang nagtatakda ng panahon at lugar ng lahat ng mga pangyayari sa mundo (i.e., Awit 74:12-17; Deuteronomio 32:8; taga-Roma 9-11).

1. mga panahon – Genesis 1:14-18; Awit 72:17; 74:16-17; 104:19; 136:7-8
2. mga araw ng pagsamba – Genesis 2:3; Exodo 20:8-11; Levitico 23; Bilang 28-29
3. lahat ng mga bagay na itinalaga ng Diyos – Ecclesiastes 3:1-11 (cf. Job 14:5; Awit 31:15; Mga Gawa 17:31)

Ang bayan ng Diyos ay hindi nauunawaan ang Kaniyang talaorasan. Siya ay tumutupad sa Kaniyang takdang oras, hindi ng Kaniyang bayan. Kadalasan, ang kahatulan, kahit na ang pagsakop, ay Kaniyang kalooban! Ngunit isang araw, Kaniyang itutuwid ang lahat ng mga bagay!

▣ **"hahatol ako ng matuwid"** Dalawang teolohikong punto ang ipinapahayag.

1. Hahatulad ng Diyos ang mundo
2. Gagawin Niya ito nang walang-kinikilingan na nakabatay sa Kaniyang kapahayagan (cf. Awit 9:8; 58:11; 67:4; 96:10,13; 98:9)

**75:3 "Ang lupa at lahat na tagarito ay natutunaw"** Ang MAKADIWA (BDB 556, KB 555, *Niphal* PANDIWARI, cf. Exodo 15:15; Josue 2:9,24; 1 Samuel 14:16; Isaias 14:31; Jeremias 49:23) ay nagpapakilala ng pagkatakot ng isang populasyon.

Hindi lamang ang mga puso ng bayan ang natunaw ngunit ang mundo mismo ay apektado ng presensiya ng Tagapaglikha/Hukom nito (cf. Awit 46:6; Isaias 24:19-20; Amos 9:5; Mikas 1:4; Nahum 1:5).

Sa NT, ang 2 Pedro 3:10 ay hinuhulaan na matutunaw ang planetang ito (cf. Mateo 5:18; 24:35; Pahayag 21:1).

Mayroong isang bagong langit at isang bagong mundo na darating. Ang bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34 ay lubusang maisasakatuparan. Ang Bibliya ay inilalarawan ang bagong panahon sa mga termino ng paglalarawan sa Hardin ng Eden (paghambingin ang Genesis 1-2 sa Pahayag 21-

22).

▣ **"aking itinayo ang mga haligi niyaon"** Ito ay isang pampanitikang paraan na tumutukoy sa mga saligan ng mundo (i.e., panimula paglalang, cf. 1 Samuel 2:8; Job 38:4-6).

Sa Jonas 2:6, ang "mga ugat ng mga bundok" ay paglalarawan din sa paglalang. Tingnan ang aking mga tala sa ibaba mula sa Jonas 2:6.

> **Jonas 2:6 "Ako ay bumaba sa mga kaibaibabaan ng mga bundok"** Ang OT ay gumagamit ng pisikal na direksiyong "pababa" upang ilarawan ang *Sheol* (BDB 432, KB 434, *Qal* GANAP, cf. Bilang 16:30,33; Awit 55:15; Isaias 5:14; 14:19). Ang terminong *Sheol* at "hukay" (BDB 1001) ay magkaagapay (cf. Awit 30:3). Itong patalinghagang paghahayag ng kaunawaan ni Jonas sa paglapit sa mundong-kalaliman ang nagdulot sa kaniyang karanasa na maging layon ng pagpuna ni Hesus (cf. Mateo 12:40-41; Lucas 11:30). Si Jonas ay pinaniwalaang mamamatay, ngunit nahagbag sa kaniya ang Diyos! Ang kahatulan ng Diyos ay hindi Kaniyang huling salita. Mayroong layunin sa pagpaparusa.
>
> Ang salmista at ang kasunduang bayan ay hindi naunawaan kung bakit nila kinaharap ang ganitong mga paghihirap kung nalalaman nila na ang kanilang Diyos ang namamahala ng lahat ng mga bagay! Kahit na sa gitna ng kaguluhan, paglusob, at kawalang-katarungan, ang pagka-soberano ng Diyos ay matatag at tiyak (cf. Pahayag 4-5)! Ang Kaniyang talaorasan ay patungo sa Kaniyang mas malawak na pangkatubusang mga layunin, hindi ang ating kagyat na mga kagustuhan/ mga naisin/ mga pangangailagan!

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 at Panimula VII.

**75:4-5** Ang Manlilikha ay nagsasalita bilang ang Moral na Gabay. Ang mga kautusan ni YHWH ay nagpapakilala ng Kaniyang katangian. Ang mga haharap sa Kaniyang kahatulan ay silang

1. mayayabang – "Huwag kang gumawang may kahambugan," BDB 237, KB 248, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. masasama – "Huwag kang magtaas ng sungay," BDB 926, KB 1202 (dalawang beses), *Hiphil* MGA DI-GANAP ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
3. mapagmataas – "wag kang magsalita. . .," BDB 180, KB 210, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

Tila ang "masasama," (Awit 7:4) sa Awit na ito ay

1. paganong mga bansa na nagtatangka ng isang pagsakop
2. mapagmataas na mga Israelita (cf. Awit 78:3,8-9,18-19)

**75:4 "sungay"** Ito ay isang simbolong galing sa hayop para sa kapangyarihan at pagkahigit sa lahat (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Sungay na Ginamit ng Israel, cf. Awit 75:10; 1 Samuel 2:1,10; Daniel 7-8).

**75:5**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"yabang"** |
| **NKJV, NRSV, Peshitta** | **"ulo"** |
| **NEB, LXX** | **"Bato"** |

Ang MT ay may "leeg" (BDB 848). Ang REB ay may "bato." Ang dalawang salita ay lubhang magkatulad (i.e., ang "bato" ay may isa pang katinig). Maaaring ang REB ay nagpapakilala ng paggamit sa Job 15:26. Ang UBS Text Project (p. 326) ay binibigyan ang "leeg" ng isang "C" na antas (hindi kakaunting pagduruda). Ang JPSOA ay may "napakahambog na ngasngas."

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 75:6-8**
**6Sapagka't hindi man mula sa silanganan, o mula man sa kalunuran,**
**o mula man sa timugan, ang pagkataas.**
**7Kundi ang Diyos ay siyang hukom:**
**kaniyang ibinababa ang isa, at itinataas ang isa.**
**8Sapagka't sa kamay ng Panginoon ay may isang saro,**
**at ang alak ay bumubula; puno ng pagkakahalohalo, at kaniyang inililiguwak din:**
**tunay na ibubuhos ng lahat na masama sa lupa ang latak, at iinumin.**

**75:6-8** Ang istropang ito ay nagpapakilala ang pangkalahatang presensiya ni YHWH, gaya ng Awit 139, ngunit dito, ang konteksto ay tumutuon sa Kaniyang kahatulan sa masasama (cf. Awit 75:4-5).

Kadalasan ang masasama ay tila mayroong mas mataas na kamay ngunit Diyos ang magtutuwid ng mga bagay (cf. Awit 146:7; 1 Samuel 2:7; taga-Roma 9; Santiago 4:10). Ang pagkilos ng Diyos ay magiging isang pagpaliktad ng mga inaasahan.

**75:6** Ang talatang ito ay gumagamit ng Palestino/Cananeo na paglalarawan upang ipahayag ang pagiging panlahat.

1. silangan – kanluran
2. pagsikat ng araw – paglubog ng araw
3. disyerto (timog) – mga bundok (o "pagtataas") na ngangahulugang hilaga

**75:8 "isang saro"** Ito ay kadalasang isang wikain para sa kahihinatnan ng tao at ito ay kadalasang negatibo (cf. Isaias 51:17,22; Jeremias 25:15-16,27-28). Tingnan ang buong tala sa Awit 11:6.

▣ **"puno ng pagkakahalohalo"** Ito ay tumutukoy sa sinaunang paraan ng paghahalo ng iba't-ibang mga uri ng mga pinaasim na mga prutas at mga binhi upang gumawa ng mas nakakalasing na mga inumin. Tingnan ang Natatanging Paksa: Alkohol at Pag-abuso sa Alkohol.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 75:9-10**
**9Nguni't aking ipahahayag magpakailan man,**
**ako ay aawit ng mga kapurihan sa Diyos ni Jacob.**
**10Lahat ng mga sungay naman ng masama ay aking ihihiwalay;**
**ngunit ang mga sungay ng matuwid ay matataas.**

**75:9-10** Ang istropang ito ay mga pangwakas na salita ng salmista.

1. isasalay niya ang mga kagilagilalas na mga gawa ni YHWH (cf. Awit 75:1)
2. siya ay aawit ng mga papuri sa Diyos ni Jacob
3. kaniyang pinaninindigan ang pagpaliktad ng matuwid na kahatulan ni YHWH

Ito ay nagpapakilala isang tagpo sa pagsamba sa templo!

**75:9** Ang MT ay may "aking ihahayag" ngunit ang LXX at Peshitta ay mayroong, "ako ay magagalak" (cf. NRSV). Ang pagkakaiba ay isang katinig. Ang LXX ay tinatangkang patunayan ang isang magkasing-kahulugan pagkakaagapay sa pagitan ng Awit 75:9a at 9b.

**75:10 "aking ihihiwalay"** Ang MT ay may "Ako ay." Ang UBS Text Project (p. 328) binibigyan ito ng isang "A" na antas.

Ang Awit na ito ay may maraming tagapagsalita. Maaaring sa Awit 75:9 ang salmista at 75:10 ay si YHWH.

▣ **"mga sungay"** Pansinin na ang wikain na ito ay maaaring gamitin ng paayon o pasalungat

(tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Sungay na Ginamit ng Israel).

1. pasalungat (negatibo) – cf. Awit 75:4-5,10a; Jeremias 48:25; Panaghoy 2:17
2. paayon (positibo) – cf. Awit 75:10b; 1 Samuel 2:1,10; Awit 89:17,24; 92:10; 112:9

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang iba't-ibang nagsasalita sa Awit na ito.
2. Ipinapakilala ba ng Awit na ito ang Diyos bilang Manlilikha o Hukom?
3. Ipaliwanag ang paglalarawan ng
    a. "mga haligi"
    b. "sungay"
    c. "saro"
4. Ang Awit bang ito ay humaharap sa isang pansamantalang paghuhukom o isang pangwakas na paghuhukom?

# AWIT 76

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Matagumpay na Kapangyarihan ng Diyos ni Jacob<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit sa may kwerdas na instrumento. Awit ni Asaph. Isang Awit. | Ang Pagkamaharlika ng Diyos sa Kahatulan | Isang Awit ng Sion Pagdiriwang sa Pangwakas na Tagumpay ng Diyos sa mga Bansa | Ang Diyos na matagumpay | Imno sa Diyos ang Kamanghamangha |
| 76:1-3 | 76:1-3 | 76:1-3 | 76:1-3 | 76:1-3 |
| 76:4-7 | 76:4-6 | 76:4-6 | 76:4-6 | 76:4-6 |
| | 76:7-9 | 76:7-9 | 76:7-9 | 76:7-9 |
| 76:8-10 | | | | |
| | 76:10-12 | 76:10-12 | 76:10 | 76:10-12 |
| 76:11-12 | | | 76:11-12 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang OT ay nagbabanggit ng tila magkasalungat na kapahayagan.
   1. natatanging pagkalinga at pansin ng Diyos sa pamilya ni Abraham (Awit 76:1-7)
   2. nais ng Diyos para sa lahat ng mga bansa na makakilala sa Kaniya (Awit 76:8-12)

B. Sa aking palagay, ang pinaka isyu ay ang layunin ng bagong kasunduan na nahayag sa NT (i.e., ang ebanghelyo ni Hesus Kristo). Sinikap kong ihayag ang teolohikong pag-iigting na ito sa dalawang mga Natatanging Paksa.
   1. Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH
   2. Natatanging Paksa: Mga Hula sa Hinaharap sa OT laban sa Mga Hula sa NT

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 76:1-3**
[1]**Sa Juda ay kilala ang Diyos:**
**ang kaniyang pangalan ay dakila sa Israel.**
[2]**Nasa Salem naman ang kaniyang tabernakulo,**
**at ang kaniyang dakong tahanan ay sa Sion.**
[3]**Doo'y binali niya ang mga pana ng busog;**
**at kalasag, at ang tabak, at ang pagbabaka. (Selah)**

**76:1-3** Ang istropang ito ay nagpapakilala ng paglalarawan ng "banal na digmaan (Awit 76:3). Ang pangkasaysayang kalagayan ay tila sa yugto ng Nahating Kaharian (i.e., 922 B.C.-586 B.C.) dahil kapwa binabanggit nito ang Judah at Israel (922-722 B.C.). Ang ganap na panghukbong pakikibaka o pagsakop ng isang paganong kalapit-bansa o makapangyarihang ANE ay di-tiyak.

**76:1 "kilala"** Ang Hebreong kahulugang ay may dalawang aspeto.
1. impormasyon tungkol sa isang bagay o kanino man (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5)
2. personal na pakikipag-ugnayan

Tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala.

▣ **"Kaniyang pangalan"** Pansinin na "Kaniyang pangalan" ay kaagapay ng *Elohim*.
Para sa "pangalan" tingnan ang Natatanging Paksa sa Awit 1:6. Para sa *Elohim* tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos.

**76:2 "Salem. . .Sion"** Tingnan ang Natatanging Paksa:

**NATATANGING PAKSA: MORIA, SALEM, JEBUS, HERUSALEM, SION**
**(SPECIAL TOPIC: MORIAH, SALEM, JEBUS, JERUSALEM, ZION)**

**76:3** Mayroong maraming panghukbong mga bagay ang nakatala upang ilarawan ang panghukbong tagumpay ni YHWH.
1. mga pana (BDB 905)
2. kalasag (BDB 171)
3. tabak (BDB 352)
4. pagbabaka (BDB 536)

Ang pagkawasak ng mga sandata ng kaaway (cf. Awit 46:9; Isaias 9:5; Ezekiel 39:9-10) ay naging isang paraan sa pagpapakita na
1. ang kaaway ay lubusang natalo
2. ang Israel ay nagtiwala kay YHWH at hindi nangailangan ng mga sandata

▣ **"Selah"** Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2 at Panimula, VII.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 76:4-7**
[4]**Makinang ka at maharlika,**
**mula sa mga bundok na hulihan.**
[5]**Ang mga puso na matapang ay nasamsaman,**
**sila ay nangatulog ng kanilang pagtulog;**
**at wala sa mga lalaking makapangyarihan na nakasumpong ng kanilang mga kamay.**
[6]**Sa iyong saway Oh Diyos ni Jacob,**
**ang karo at gayon din ang kabayo ay nahandusay sa mahimbing na pagkakatulog.**

> [7]**Ikaw, ikaw ay katatakutan:**
> **at sinong makatatayo sa iyong paningin, sa minsang ikaw ay magalit?**

**76:4-7** Ang istropang ito ay nagpapatuloy sa panghukbong paglalarawan.

**76:4**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"makinang. . .maharlika"** |
| **NKJV** | **"maluwalhati at marilag"** |
| **NRSV, TEV** | **"maluwalhati. . .maharlika"** |
| **NJB** | **"maliwanag. . .bantog"** |
| **JPSOA** | **"makinang. . .maluwalhati"** |

Ang dalawang terminong ito ay naglalarawan kay YHWH.

1. Ang una (BDB 21) ay maaaring isa pang terminong nauugnay sa "kulog at kidlat" (cf. Awit 78:48) ng Awit 76:3, na nagbibigay-diin sa isang maliwanag na aspeto (i.e., liwanag) ng presensiya ni YHWH, tulad ng *Shekinah* na Ulap ng Exodo.
2. Ang pangalawa (BDB 15) ay tumukoy sa pagkamataas ni YHWH sa lahat ng mga diyus-diyosan (mga idolo), na binanggit sa Awit 76:7 (cf. 1 Cronica 16:25; Awit 89:7; 96:4).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, JPSOA** | **"mga bundok na hulihan"** |
| **NRSV, REB, LXX** | **"mga walang hanggang kabundukan"** |
| **NJB** | **"ang bundok ng pagsamsam"** |
| **NET** | **"ikaw ay bumaba mula sa mga burol kung saan iyong pinatay ang iyong nadagit"** |

Maliwanag na ang pariralang ito ay mahirap ipaliwanag. Ang UBS Text Project (p. 330) ay binibigyan ang NRSV na opsyon ng isang "C" na antas (hindi kakaunting pagduruda). Ang paglalarawang ito ay maaaring nakatuon sa Habakkuk 3:6. Ang UBS ay inimumungkahi ang NRSV o NJB na mga opsyon. Ang NET Bible ay nakikita ito bilang isang talinghaga ng isang "leon."

**76:5 "mga pusong matapang"** Ang terminong ito (BDB 7 KAYARIAN BDB 524) ay nagpapahiwatig na isang pag-uugali na matigas na ulo, at laban sa Diyos (cf. Isaias 46:12). Ito ay nagpapakilala ng mga mananakop na

1. mamamatay (i.e., nangatulog, bilang isang talinghaga para sa kamatayan)
2. masasamsam (BDB 1021, KB 1531, *Hithpoel* GANAP)

dahil sila ay lubhang natatakot kaya hindi sila ay makapagdigma (i.e., gamit ang kanilang kamay).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"nasamsaman"** |
| **NRSV** | **"sinimot ang kanilang samsam"** |
| **TEV** | **"sinimot ang lahat ng kanilang taglay"** |
| **NJB** | **"kinuha sa kanila" (ginamit bilang PANDIWA para sa Awit 76:4b)** |
| **LXX** | **"naligalig"** |
| **REB, JPSOA** | **"nanakawan"** |
| **Peshitta** | **"nabagabag"** |

Ang karaniwang anyo (*Hithpolel*) ay binigyang-kahulugan ng KB (1531) bilang "nasamsam." Ang BDB (1021) ay binibigyang-kahulugan ito bilang "kinuha." Ang mga mananakop ay nagnanais na magsamsam sa lungsod/templo ng Diyos, ngunit sila mismo ang nasamsaman.

**76:6 "Sa iyong saway"** Ang makapangyarihang boses ni YHWH ang nagtamo ng mga kagumpay (cf. Awit 80:16), gaya ng Kaniyang paglalang (cf. Genesis 1; Job 26:5-11; Awit 18:7-15; 104:5-9).

Ang Kaniyang boses ay isang wikain ng Kaniyang kalooban sa mundo. Siya ay nagsasalita, ito ay magaganap! Ito ay maaring pagsaway (BDB 172) na maaaring tumukoy sa (1) isang ungol ng leon mula sa Awit 76:4b. Ang JPSOA ay nakikita ang Awit 76:2 na tumutukoy sa isang kulungan ng leon (gumagamit ng Job 38:39-40 bilang isang sanggunian) o (2) isang sigaw sa digmaan.

▣ **"Oh Diyos ni Jacob"** Ito ay isang titulo na tumutuon sa mga pangako at kasunduan ni YHWH sa mga Patriyarka.

▣ **"ang karo at gayon din ang kabayo ay nahandusay sa mahimbing na pagkakatulog"** Ito ay terminolohiyang mula sa paghahati ng Mapulang Dagat para sa pagtakas ng Israel, ngunit sa pagwawakas nito sa mga piling panghukbong yunit ng Ehipto (cf. Exodo 14:28,30; 15:1,21). Ang katulad na paglalarawan ay matatagpuan sa paglalarawan ni Jeremias sa pagkatalo ng Babilonya (cf. Jeremias 51:21).

Ito ay maaring ang Awit 76:6 ay muling paghahayag ng 76:5. Kung gayon nga, ang "pagkakatulog" ay kawalang kakayahan ng mga mandirigmay na tuparin ang kanilang mga kakayahan (i.e., mga malambot na kamay), hindi isang sanggunian sa kamatayan, na kadalasang inilarawan bilang "natutulog" (cf. Deuteronomio 31:16; 2 Samuel 7:12; 1 Mga Hari 1:21; Job 7:21).

Ang OT ay kadalasang nagpapahayag na ang Diyos ang nagduduloy sa bayan na hindi makaunawan sa paggamit ng "pagkakatulog," "nakakakita," "nakakarinig" (i.e., Deuteronomio 29:4; Awit 69:23; Isaias 6:9-10; 29:10; Mikas 3:6).

**76:7 "katatakutan"** Ito ay maaaring tumukoy sa
1. mga kaaway ng pangkasunduang Diyos at Kaniyang bayan
2. mga idolo ng mga bansa (cf. Awit 89:7; 96:4; 1 Cronica 16:25)

▣ **"sinong makatatayo sa iyong paningin"** Ang paglalarawag ito sa hukuman, ay kadalasang naiuugnay sa huling-araw (cf. Ezra 9:15; Awit 130:3; Nahum 1:6; Malakias 3:2; Pahayag 6:17). Ang bayan ng Diyos ay makakatayo sa harapan Niya sa araw na iyon (i.e., Lucas 21:36; Judas vv. 24-25).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 76:8-10**
**8 Iyong ipinarinig ang hatol mula sa langit;**
**ang lupa ay natakot, at tumahimik,**
**9 Nang ang Diyos ay bumangon sa paghatol,**
**upang iligtas ang lahat ng maamo sa lupa. (Selah)**
**10 Tunay na pupurihin ka ng poot ng tao:**
**ang nalabi sa poot ay ibibigkis mo sa iyo.**

**76:8-10** Ito ay maari na ang Awit 76:7 ay kasama ng istropang ito (cf. NKJV, NRSV, TEV, NJB).

Sa kontekstong ito, "lahat ng maamo sa lupa" ay tumutukoy sa mga may takot/ sumasamba kay YHWH (cf. Awit 40:13-17).

Pansinin na ang pangkalahatang sangkap at ang kaibihan sa pagitan ng
1. ang Diyos ay inililigtas ang mapagpakumbaba
2. ngunit ang lahat ay kumikilala sa Kaniya (cf. Awit 72:11; 76:12; taga-Filipos 2:6-11)

**76:10 "nalabi"** Ang salitang ito ay ginamit sa maraming iba't-ibang kaunawaan.

**NATATANGING PAKSA: ANG NALALABI (BDB 984), TATLONG KAUNAWAAN (SPECIAL TOPIC: THE REMNANT (BDB 984), THREE SENSES)**

▣ Ang kapansin-pansing paglalarawan ay binabanggit kay YHWH bilang mandirigma (cf. Isaias 59:17). Ang katulad na paglalarawan ay ginamit ni Pablo sa taga-Efeso 6:10-17, na nagpapakilala ng "espiritwal na pakikidigma." Si YHWH ang matagumpay! Si YHWH ang kampeon sa kanilang nagtitiwala sa Kaniya!

Ang UBS *Handbook* (p. 669) ay binabanggit na ang NAB at NEB (gayundin ang REB) ay binago ang mga patinig sa talatang ito sa heograpikong mga lugar sa hilaga (lungsod) at timog (bansa) ng Palestina upang magawa itong kaagapay sa Awit 76:11b.

1. tao (אדם) ay nagiging Edom (אדם)
2. poot (חמת) ay nagiging Hamath (חמת)

Ang suliranin ng salitang ito, "poot" ay ginamit ng dalawang beses sa Awit 76:10. Maliban na ito ay isang may layuning paglalaro ng salita, ang pagbabago ng mga patinig ay haka-haka at hindi tinataguyod ng mga sinaunang salin.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 76:11-12**
**11 Manata ka at tuparin mo sa Panginoon mong Diyos:**
**magdala ng mga kaloob sa kaniya na marapat katakutan,**
**yaong lahat na nangasa buong palibot niya.**
**12 Kaniyang ihihiwalay ang diwa ng mga pangulo:**
**siya ay kakilakilabot sa mga hari sa lupa.**

**76:11-12** Gaya ng Awit 76:7 na maaaring kasama ng 76:8 at 9, gayundin naman, ang Awit 76:10 ay maaaring kasama ng 76:11-12 (cf. NKJV, NRSV, TEV, NJB). Ang pagkakaroon ng talata ay walang tanda sa teksto. Ito ay hindi isang kinsihang aspeto ng Hebreong teksto. Ang pagkakaroon ng talata ay dapat matiyak mula sa konteksto (i.e., bawat talata ay mayroong sentrong katotohanan o paksa).

**76:11a** Ito ay naglalarawan ng "ang humble" ng Awit 76:9. Two MGA PAUTOS ay ginamit sa ay naglalarawan kanilang mga pagkilos.

1. manata ka – BDB 623, KB 674, *Qal* PAUTOS
2. tuparin *sila* – BDB 1022, KB 1532, *Piel* PAUTOS (cf. Levitico 27; Bilang 30; Deuteronomio 23:21- 23)

**76:11b** Ang pangalawang hanay ng Awit 76:11 ay may isang *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan ("magdala ng mga kaloob sa kaniya, yaong lahat na nangasa buong palibot niya. . ."). Ito ay isang pangatlong paglalarawang parirala na tumutukoy sa alinman sa

1. pasasalamat na handog para sa katapusan ng isang panata
2. nararapat na pag-aalay (cf. Levitico 1-7)

Kung ang Awit 76:11a ay tumutukoy sa matapat na mga taga-sunod sa kasunduang bayan, samakatuwid ang 76:11b ay tumutukoy sa pang-buong mundo na mga taga-sunod na sasamba kay YHWH (cf. Awit 45:12; 68:29,31; 72:10; Isaias 18:7; Zephanias 3:10).

**76:11 "magdala ng mga kaloob sa kaniya"** Sa Genesis 49:10, ang tanyag na propesiya ni Jacob/Israel ay nagpapakilala kay Judah na tribo kung saan darating ang Mesias. Dito, ang pangalang *Shiloh*, שִׁילֹה (BDB 1010) ay kaagapay ng "pinuno," gayunman ito ay maaring na hatiin ang mga katinig sa שַׁי לֹה, "parangal sa kaniya" sa pagdagdag ng bagong mga patinig (cf. NIDOTTE, vol. 4, 1223). Kung ito ay tama, samakatuwid ang konsepto ng pagtanggap ni YHWH ng "kaloob" mula sa mga bansa ay napatunayan (cf. Awit 68:29; 76:11; Isaias 18:7). Ang kaloob o parangal ay isang paraan sa ANE sa pagpapakita ng pagka-soberano. Isang araw, ang mga bansa ay lalapit kay YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

**76:12** Habang ang pagpapalaya/ kaligtasan ni YHWH ay pangkalahatan (cf. Awit 76:9), gayundi

naman, ang Kaniyang kahatulan (Awit 76:12).

Ang terminong “espiritu” (*ruach*, BDB 924) ay nangangahuluang nilalang na tao.

Ang PANDIWA na “ihihiwalay” (BDB 130, KB 148, *Qal* DI-GANAP) ay isang Hebreong ugat ma maraming kahulugan.

1. ihiwalay – nangangahulugang tatanggalin
2. ihiwalay – nangangahulugang tipunin, tulad ng pag-aani ng ubas
3. ihiwalay – pagpapatibay ng may bakod na lugar (i.e., muog)

Dahil sa Awit 76:11, ang isa ay nagtataka kung ang opsyon #2 ay maaaring mangahulugan ng isang pagwakas na pagtitipon ng mga nananampalatayang bansa (i.e., “mga pangulo,” BDB 617, cf. Ezekiel 28:2) na may takot (sa literla ay kagila-gilalas, BDB 431, KB 432, *Niphal* PANDIWARI) sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapakilala ng Kaniyang nakakamanghang kapangyarihan sa pangangalaga ng Herusalem at Kaniyang kasunduang bayan.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Awit 76:1 ba ay nagpapakilala sa yugto ng nahating Kaharian?
2. Bakit ang Awit 76:4 ay lubhang mahirap isalin?
3. Ang Awit 76:9 ba ay isa pang pangkalahatang pagkabanggit o isang sanggunian sa mga Hudyo sa pagkakatapon?
4. Paano maiuugnay ang Awit 76:11-12 sa mga naunang talata?

# AWIT 77

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kaaliwan mula sa Pagkabagabag mula sa Pag-alaala ng mga Kahanga-hangang Gawa ng Diyos<br><u>Panimula sa MT</u><br>Para sa punong mang-aawit; sang-ayon kay Jeduthun. Isang Awit ni Asaph. | Ang Nakakaaliw na Alaala ng mga Pangkatubusang Gawain ng Diyos | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa Personal na Pagkaligalig | Kaaliwan sa Panahon ng Pagkabagabag | Pagninilay-nilay sa Nakalipas ng Israel |
| 77:1-6 | 77:1-3 | 77:1-3 | 77:1-3 | 77:1 |
| | | | | 77:2-3 |
| | 77:4-6 | 77:4-10 | 77:4-10 | 77:4-6 |
| | 77:7-9 | | | 77:7-9 |
| 77:7-10 | | | | |
| | 77:10-15 | | | 77:10-12 |
| | | 77:11-15 | 77:11-15 | |
| 77:11-15 | | | | |
| | | | | 77:13-15 |
| | 77:16-20 | 77:16-20 | 77:16-20 | 77:16–17 |
| 77:16-20 | | | | |
| | | | | 77:18-19 |
| | | | | 77:20 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay ipinakilala ng MGA PANGPANGKAT (8). Ang salmista ay inanalala kung ano ang ginawa ni YHWH sa nakalipas.

B. Ang Awit 77:11-15, 16-20 ay nakatuon sa mga gawa ni YHWH sa
   1. pagpapalaya
   2. paglalang

C. Si YHWH ay
   1. manlilikha
   2. mandirigma
   3. tagapanatili
   4. pastol

D. Ang Awit na ito ay tiyakang binabanggit sina
   1. Jacob, Awit 77:15
   2. Jose, Awit 77:15
   3. Moises, Awit 77:20
   4. Aaron, Awit 77:20

   Ang mga nakalipas na gawa ng pagpapalaya at pagtustos ni YHWH ay tila matagal na at napakalayo. Pansinin ang kalipunan ng mga tanong sa Awit 77:7-9.

E. Ang Awit 77:16-20 ay katulad sa teolohiya at paglalarawan kay YHWH bilang Manlilikha sa Awit 74:13-17. Ang paglalarawan ng tubig ay maaaring tumukoy sa Genesis 1 (i.e., paglalang) o Exodo 14-15 (i.e., ang exodo).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 77:1-6**

**1 Ako'y *dadaing* ng aking tinig sa Diyos;**
**sa Diyos ng aking tinig; at kaniyang didinggin ako.**
**2 Sa kaarawan ng aking kabagabagan ay hinahanap ko ang Panginoon:**
**ang kamay ko'y nakaunat sa gabi, at hindi nangangalay;**
**tumatangging maaliw ang kaluluwa ko.**
**3 Naaalaala ko ang Diyos, at ako ay nababalisa:**
**ako ay nagdaramdam, at ang diwa ko'y nanglulupaypay. (Selah)**
**4 Iyong pinupuyat ang mga mata ko:**
**ako ay totoong nababagabag na hindi ako makapagsalita.**
**5 Aking ginunita ang mga araw ng una,**
**ang mga taon ng dating mga panahon.**
**6 Aking inaalaala ang awit ko sa gabi:**
**sumasangguni ako sa aking sariling puso;**
**at ang diwa ko'y masikap na nagsiyasat.**

**77:1 "Ako ay *dadaing* ng aking tinig sa Diyos"** Ang pariralang ito na walang PANDIWA ay inuulit ng dalawang beses para sa pagbibigay-diin. Ang salmista ay madalas at matinding manalangin ngunit walang kapayapaan/ bunga! Siya ay nagtitiwala kay YHWH ngunit nagsasamo sa Kaniya na kumilos gaya ng Kanyang pagkilos sa nakalipas sa kapakanan ng kasunduang bayan.

▣ **"Ako ay dadaing"** Ang PANDIWA (BDB 858, KB 1042, *Qal* PANGPANGKAT) ay kadalasang ginagamit sa exodo at yugto ng paglalagalag sa ilang (cf. Exodo 14:10,15; 17:4; Bilang 12:13; 20:16; Deuteronomio 26:7). Ito ay maari na ang paglalarawan ng Awit 77:16-19 ay tumutukoy sa katulad na yugto. Walang tahimik na panalangin sa sinaunang mundo. Ang pagbabasa at panalangin ay

binibigkas nang malakas!

▣ **"kaniyang didinggin ako"** Ito ay kapwa patunay at kahilingan! Ang natitirang bahagi ng istropang ito (Awit 77:1-6) ay nagpapahayag ng pagkaligalig ng salmista sa tila katahimikan ni YHWH.

**77:2 "Sa kaarawan ng aking kabagabagan"** Ito ay isang inuulit na parirala sa Awit (cf. Awit 50:15; 86:7; bahagyang may kaibahan sa parirala ngunit katulad na konsepto sa Awit 91:15; 107:6,15).

Ang paggamit ng "day" ay nagpapakilala ng isang yugto ng panahon, hindi isang partikular na 24 oras na yugto. Tingnan ang Natatanging Paksa: Araw (*yom*).

▣ **"ang kamay ko'y nakaunat sa gabi"** Pansinin sa "sa kaaarawan" ng hanay 1 ay kaagapay sa "sa gabi" ng hanay 2. Ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng palagian (i.e., "walang kapaguran"), buong araw na panalangin (i.e., "kamay na nakaunat").

Ang postura ng mga Hudyo sa panalangin ay kadalasang
1. nakatayo
2. nakataas ang kamay
3. nakabukas ang mata, nakatingala sa langit

Ang PANDIWA (BDB 620, KB 669, *Niphal* GANAP) sa literal ay "ibinuhos." NIDOTTE, vol. 3, p. 27, ay iniisip na ang dalawang aspeto ng panalangin ay pinagsama sa talatang ito (cf. Panaghoy 2:19).
1. pagbubuhos ng puso sa Diyos sa panalangin
2. pagtaas/pag-unat ng mga kamay sa Diyos sa panalangin

▣ **"tumatangging maaliw ang kaluluwa ko"** Si YHWH ay tila hindi nakikinig at kumikilos kaya nagpatuloy sa panalangin ang salmista! Ito ay kaagapay sa teolohikya ng Habakkuk (i.e., Habakkuk 2:1).

**77:3** Ito ay isang kalipunan ng tatlong *Qal* MGA PANGPANGKAT. Ang salmista ay maaaring hindi natagpuan ang kapayapaan sa panalangin. Tila ang mga pagkilos ni YHWH sa nakalipas (cf. Awit 77:5) sa kapakanan ng kasunduang bayan ay nagbago (cf. Awit 77:10b).

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2. Pansining ito ay makikita sa hulihan ng Awit 77:3, 9, 15. Ang NJB at NKJV ay nakikita ang paggamit nito bilang pangwakas na hiwalay na mga istropa.

**77:4a** Ang hanay na ito ng panulaan ay nakakalito. Ang salmista ay nagnanais nang itigil ang pananalangin ngunit si YHWH ay nagduduloy (BDB 28, KB 31, *Qal* GANAP) sa kaniya na magpatuloy. Ito ay maaring maipaliwanag na pinahintulutan siya ng Diyos na manatiling gising upang siya ay makapagpatuloy sa pananalangin. Tila ang Awit 77:4-6 ay nagsisilbing isang panimula sa anim na katanungan ng 77:7-9 na maaring nakakagulat na pangwakas ng Awit 77:10!

Ang unang istropa ay naglalarawan sa mga detalyadong gawa ng salmista (gaya ng sa Awit 77:11-12). Ito ay isang tala ng teolohikong pakikibaka ng salmista para sa mas maraming impormasyon tungkol sa Diyos at sa Kaniyang kalooban at paraan para sa kasunduang bayan. Ang salmista ay nakikita ang maliwanag na kawalang-ugnayan sa pagitan ng nakalipas at kasalukuyan. Hindi niya maintindihan kung bakit!

**77:6 "Akin inaalala. . .sumasangguni ako. . .nagsiyasat"** Ang tatlong MGA PANDIWA na naglalarawan sa mga pagkilos ng isipan ng salmista (cf. Awit 143:5) mula sa kawalang pag-asa (Awit 77:1-5) at pagduruda (Awit 77:7-10). Ito ay nagpatuloy hanggang Awit 77:11- 15,16-20 na

muling nanumbalik ang kaniyang na kaunawaan sa pagtitiwala sa katangian at mga pagkilos ni YHWH para sa kapakanan ng Israel.

Pansinin ang tatlong MGA PANDIWA (pareho ang dalawa) na muling nakita sa Awit 77:11-12. Ang pananampalataya tumatangan sa panahon at kaisipan! Ang pagkamaaasahan ng kapahayagan at personal na karanasan ay nagsasama sa pinagpasyahang paniniwala.

▣ **"awit sa gabi"** Dahil sa Awit 42:8, ang pariralang ito ay maaaring isang pagkabanggit sa mga mapagbiyayang pagkilos ni YHWH na bumaling sa mga nagpupuri sa gabi (kapwa nalalaman at di-nalalaman). Ang salmista ay nalalaman ang mga araw at mga gabi ng pagpupuri at kapayapaan ngunit kaniyang pangkasalukuyang karanasan ay lubhang iba't-ibang.

Ang UBS Text Project ay binibigyan ng tatlong posibilidad ang terminong isinalin ng NASB "awit" (BDB 618).

1. musika – נגינתי (MT, NASB)
2. bulong/pagbubulay – והגיתי (LXX, Peshitta, NJB)
3. pighati – נוגנתי (NEB)

▣ **"diwa ko'y masikap na magsiyasat"** Ang PANDIWA sa literal ay "nagsisiyasat" (BDB 344, KB 341, *Piel* DI-GANAP na may *waw*). Ito ay PANGLALAKI at ang "espiritu" (BDB 924) ay PAMBABAE. Samakatuwid, ito ay maaaring tumukoy sa

1. salmista mismo
2. Diyos na nagsisiyasat sa kaniya (cf. Awit 139:1,23)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 77:7-10**
**7Magtatakuwil ba ang Panginoon magpakailan man?**
**At hindi na baga siya lilingap pa?**
**8Ang kaniya bang kagandahang-loob ay lubos na nawala magpakailan man?**
**Natapos na bang walang hanggan ang kaniyang pangako?**
**9Nakalimot na ba ang Diyos na magmaawain?**
**Kaniya bang tinakpan ng kagalitan ang kaniyang malumanay na mga kaawaan? (Selah)**
**10At aking sinabi, Ito ang dalamhati ko;**
**ngunit aalalahanin ko ang mga taon ng kanan ng Kataastaasan.**

**77:7-10** Ang istropang ito ay kaugnay sa nakakagambalang panalangin ng salmista sa Awit 77:1-6. Hindi niya maunawaan. Nagtanong siya ng kalipunan ng matigas, nakakatako na mga tanong na tila inuusisa ang mga pangkasunduang pangako ni YHWH at Kaniyang di-nagbabagong katangian! Ito ang mga pinakanakakatakot na mga tanong sa OT! Hindi niya tila naiintindihan na ang suliranin ay maaaring sa kasalanan, pagsamba sa diyus-diyosan, at pangkasunduang kawalang-pananampalataya ng kasunduang bayan.

Ang pinaka-nakakabalisang aspeto ng mga tanong na ito ay kaniyang maling konklusyon (i.e., Awit 77:10)! Si YHWH ay hindi nagbabago (BDB 1039, KB 1597) ngunit ang Kaniyang bayan ay gayun nga!

Si Derek Kidner, *Tyndale OT Commentaries* (pp. 308-309) ay kinukuha ang pananaw na ang Awit 77:10 ay isang talata na may positibong punto ng pagliko, na pinasisimulan ang Awit 77:11-20. Ang "Selah" ay makikita sa dulo ng Awit 77:9, na maaaring magpahiwatig na ang Awit 77:10-15 ay bumubuo ng isang istropa (cf. NKJV, JPSOA). Ang tunog ng Awit ay tiyak na mahahamon sa 77:11-20.

**77:7-8** Ang Awit 77:7 at 8 ay mayroong apat na mga salita o mga parirala na naglalarawan ng damdamin ng salmista na si YHWH ay lubusan nang pinabayaan ang Israel.

1. magpakailan man, Awit 77:7 – BDB 761

2. magpakailan man, Awit 77:8 – BDB 664
3. pagtigil ng magpakailan man (sa literal ay "nasa dulo"), Awit 77:8 – BDB 170, KB 197, *Qal* GANAP
4. dumating sa katapusan, Awit 77:8 – BDB 189 KAYARIAN BDB 189

Para sa #1 tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*). Ang pag-uulit na ito ay nagpapakita ng pagkatakot at pagduruda ng salmista.

**77:8 "kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

**77:10 "ang Kataastaasan"** Ang Hebreong titulo na, "*Elyon*" (BDB 71, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos) ay mula sa salitang "mataas" o "nasa taas." Ito ay ginamit sa Diyos sa Genesis 14:18-22; Bilang 24:16; Deuteronomio 32:8 ng mga hindi Israelita.

Ang Awit na ito ay gumagamit ng maraming iba't-ibang mga pangalan para sa pagka-Diyos.

1. *Elohim*, Awit 77:1 (dalawang beses), 3, 13,16
2. *Adonai*, Awit 77:2, 7 (sa literal, "aking Panginoon")
3. Kataastaasan, Awit 77:10
4. *Yah*, Awit 77:11 (pagdadaglat para kay YHWH)
5. *El*, Awit 77:9, 13, 14 (pangkalahatang pangalan para sa pagka-Diyos sa ANE)

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"Ito ang dalamhati ko"** |
| **NKJV** | **"Ito ang sakit ko"** |
| **NJB** | **"Ito ang sumusugat sa akin"** |
| **JPSOA** | **"Ito ang aking pagkakasala"** |
| **Peshitta** | **"Ito ang aking kahinaan"** |

Mayroong di-pagkakasundo sa mga makabagong iskolar sa Hebreong ugat.

1. חלה, BDB 317 I – "magkasakit" (NASB, NRSV, TEV, NET, REB, Peshitta)
2. חלה, BDB 318 II – "magsamo ng tulong ng" (NIV)
3. חלל, BDB 319 – "maglagos" (NJB, mungkahi ng UBS Text Project, "ako na nasugatan," p. 333)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 77:11-15**

**11 Babanggitin ko ang mga gawa ng Panginoon;**
**sapagkat aalalahanin ko ang mga kababagabagan mo ng una.**
**12 Bubulayin ko ang lahat ng iyong gawa,**
**at magmumuni tungkol sa iyong mga gawa.**
**13 Ang iyong daan, Oh Diyos, ay banal:**
**sino ang dakilang diyos na gaya ng Diyos?**
**14 Ikaw ay Diyos na gumagawa ng mga kagilagilalas:**
**iyong ipinakilala ang kalakasan mo sa gitna ng mga tao.**
**15 Iyong tinubos ng kamay mo ang iyong bayan,**
**ang mga anak ng Jacob at ng Jose. (Selah)**

**77:11-15** Sinubukan muli ng salmista na tumuon sa mga nakalipas gawa ni YHWH (cf. Awit 77:11-12, 14-15). Siya ay muling tumuon sa Kaniyang di-nagbabago, walang katulad na katangian (cf. Awit 77:13, tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo).

Pansinin ang may layong pagkaagapay ng MGA PANDIWA sa Awit 77:11-12 sa kanilang nasa Awit 77:6.

**77:11 "mga kababagabagan"** Ito ay nagpapakilala ng mga gawa ni YHWH sa paglalang at

pagpapalaya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kamangha-manghang Bagay. Ang katulad na salitang (BDB 810) ay ginamit in Awit 77:14 at ang katulad na ugat in Awit 78:4,11,32; 107:8,15,21,24,31; 119:18,27.

**77:13 "Ang iyong daan"** Ang terminong "paraan" (BDB 202) ay nagpapahayag ng

1. Kaniyang kapahayagan, cf. Awit 119:14; Jeremias 18:15, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos
2. Kaniyang mga pangkatangiang pagkilos (i.e., Awit 119:3)

▣ **"banal"** Ito ay maaaring tumukoy sa

1. katangian ng Diyos
2. templo ng Diyos

**NATATANGING PAKSA: BANAL**
**(SPECIAL TOPIC: HOLY)**

**77:14-15** Pansinin ang pagkakaagapay sa pagitan ng Awit 77:14b at 15a. Gayunman, mayroong kaibahan sa pagitan ng

1. ang kalakasan mo sa gitna ng mga tao (i.e., hindi mga Israelita, tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH)
2. Iyong tinubos ng kamay mo ang iyong bayan (i.e., mga Israelita)

**77:15 "tinubos"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pantubos/Tinubos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 77:16-20**
**[16]Nakita ka ng tubig, Oh Diyos;**
**nakita ka ng tubig, sila ay nangatakot:**
**ang mga kalaliman din naman ay nanginig.**
**[17]Ang mga alapaap ay nangaglagpak ng tubig;**
**ang langit ay humugong:**
**ang mga pana mo naman ay nagsihilagpos.**
**[18]Ang tinig ng iyong kulog, ay nasa ipoipo;**
**tinanglawan ng mga kidlat ang sanglibutan:**
**ang lupa ay nayanig at umuga.**
**[19]Ang daan mo ay nasa dagat,**
**at ang mga landas mo ay nasa malalawak na tubig,**
**at ang bakas mo ay hindi nakilala.**
**[20]Iyong pinapatnubayan ang iyong bayan na parang kawan,**
**sa pamamagitan ng kamay ni Moises at ni Aaron.**

**77:16-20** Ang salmista ay tumitingin ng pabalik sa Genesis (cf. Awit 77:15) at sa Exodo (cf. Awit 77:20). Ang Diyos ng paglalang ay may become ang mandirigma ng Israel!

Ang Awit ay hindi nagsasaad ng pangwakas ng konklusyon ng salmista. Umaasa, sa kaniyang alaala at pagnilay-nilay sa persona at mga gawa ni YHWH na nagdulot sa kaniya sa tanggihan ang kaniyang konklusyon/ katanungan sa Awit 77:10.

**77:16 "ng tubig"**

**NATATANGING PAKSA: MGA TUBIG**

**(SPECIAL TOPIC: WATERS)**

**77:20a** Ang parirala ay katangina ng Awit ni Asaph (cf. Awit 74:1; 78:52,70-76; 79:13; 80:2). Ang napakagantang titulo (i.e., Pastol) para sa Manlilikha/ Manunubos na Diyos! Siya ay kasama natin at para sa atin (cf. Awit 23).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Awit bang ito ay isang pansariling panaghoy o isang pambansang panaghoy?
2. Bakit lubhang mahalaga sa teolohiya ang Awit 77:7-10?
3. Ang Awit 77:10 ba ay isang positibong mensahe o isang negatibongmensahe?
4. Ang Awit bang ito ay gumagamit ng paglalarawan mula sa paglalang o ang exodo?

# AWIT 78

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Paggabay ng Diyos sa Kaniyang Baya kahit na sa Kanilang Kawalang Pananampalataya<br>Panimula sa MT<br>Maskil ni Asaph. | Kabaitan ng Diyos sa Mapanghimagsik na Israel | Ang Kuwento ng Dakilang mga Gawa ng Diyos at Kawalang Pananampalatay ng mga Tao | Diyos at Kaniyang Bayan | Ang mga Aral sa Kasay-sayan ng Israelita |
| 78:1-4 | 78:1-4 | 78:1-4 | 78:1-4 | 78:1-2 |
| | | | | 78:3-4b |
| | | | | 78:4c-5b |
| 78:5-8 | 78:5-8 | 78:5-8 | 78:5-8 | 78:5c-6b |
| | | | | 78:6c-7 |
| | | | | 78:8 |
| 78:9-16 | 78:9-11 | 78:9-16 | 78:9-16 | 78:9-10 |
| | | | | 78:11–12 |
| | 78:12-16 | | | |
| | | | | 78:13-14 |
| | | | | 78:15-16 |
| 78:17-20 | 78:17-20 | 78:17-20 | 78:17-20 | 78:17-18 |
| | | | | 78:19-20 |
| 78:21-33 | 78:21-25 | 78:21-31 | 78:21-31 | 78:21-22 |
| | | | | 78:23-25 |
| | 78:26-31 | | | 78:26-28 |
| | | | | 78:29-31 |
| | 78:32-33 | 78:32-55 | 78:32-37 | 78:32-33 |
| 78:34-39 | 78:34-39 | | | 78:34-35 |
| | | | | 78:36-37 |
| | | | 78:38-39 | 78:38-39 |
| 78:40-53 | 78:40-55 | | 78:40-51 | 78:40-42 |
| | | | | 78:43-44 |
| | | | | 78:45-46 |
| | | | | 78:47-48 |
| | | | | 78:49-50a |
| | | | | 78:50b-51 |
| | | | 78:52-55 | 78:52-53 |
| 78:54-64 | | | | 78:54-55 |
| | 78:56-64 | 78:56-66 | 78:56-64 | 78:56-60 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 78:61-62 |
| | | | | 78:63-64 |
| 78:65-72 | 78:65-66 | | 78:65-69 | 78:65-66 |
| | 78:67-72 | 78:67-72 | | 78:67-69 |
| | | | 78:70-72 | 78:70-72 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang Awit na ito ay nagpapatibay ng pangangailangan na ipasa ang pananampalataya sa susunod na salin-lahi (Awit 78:1-4, 5-8).
   1. mga gawa ng Diyos
   2. mga kapahayagan ng Diyos

B. Ang Awit na ito ay nagtatala ng mga matapat na gawa ng Diyos at walang katapatan mga gawa ng Israel.
   1. ang exodo
   2. ang paglalagalag sa ilang
   3. ang pagsakop

C. Maaari, ang pinakamainam na paraan sa tingnan ang mga pagkakaagapay at mga pagkabanggit ay isang chart ng mga talatang kaugnay sa iba pang mga teksto ng OT.

Awit 78: 12b – Bilang 13:22
Awit 78: 13 – Exodo 14:16,21
Awit 78: 14 – Exodo 13:21
Awit 78: 15 – Exodo 17:6; Deuteronomio 8:15
Awit 78: 16 – Bilang 20:8,10,11
Awit 78: 18 – Bilang 11:4
Awit 78: 19 – Exodo 16:3; Bilang 11:4; 20:3; 21:5
Awit 78: 20 – Bilang 11:18
Awit 78: 21 – Bilang 11:1
Awit 78: 22 – Deuteronomio 1:32; 9:23
Awit 78: 24 – Exodo 16:4
Awit 78: 42 – Mga Hukom 8:24
Awit 78: 43 – Exodo 4:21; 7:3
Awit 78: 45 – Exodo 8:6,24
Awit 78: 46 – Exodo 10:14
Awit 78: 47 – Exodo 9:23
Awit 78: 48 – Exodo 9:19
Awit 78: 49 – Exodo 15:7
Awit 78: 50 – Exodo 12:29,30
Awit 78: 52 – Exodo 15:22
Awit 78: 53 – Exodo 14:19,20,27,28
Awit 78: 54 – Exodo 15:17

Awit 78: 25 – Exodo 16:3
Awit 78: 26 – Bilang 11:31
Awit 78: 27 – Exodo 16:13
Awit 78: 29 – Bilang 11:19,20
Awit 78: 31 – Bilang 11:33,34
Awit 78: 32 – Bilang 14:11,16-17
Awit 78: 33 – Bilang 14:29,35
Awit 78: 34 – Bilang 21:7
Awit 78: 35 – Exodo 15:13; Deuteronomio 9:26; 32:4
Awit 78: 36 – Exodo 24:7,8; 32:7,8
Awit 78: 38 – Exodo34:6; Bilang 14:20
Awit 78: 41 – Exodo 14:22
Awit 78: 58 – Exodo 20:4; Lev. 26:1,30; Deut. 4:25; 32:16,21
Awit 78: 59 – Lev. 26:30; Deut.1:34; 9:19; 32:19
Awit 78: 60 – 1 Samuel 4:11
Awit 78: 61 – 1 Samuel 4:17
Awit 78: 62 – 1 Samuel 4:10
Awit 78: 63 – Bilang 11:1; 21:28
Awit 78: 64 – 1 Samuel 4:17; 22:18
Awit 78: 66 – 1 Samuel 5:6
Awit 78: 69 – 1 Mga Hari 6
Awit 78: 70 – 1 Samuel 16:12
Awit 78: 71 – 1 Samuel 10:1; 2 Samuel 5:2; 7:8
Awit 78: 72 – 1 Mga Hari 9:4

D. Ang pinakamainam na kaagapay ng pangkalahatang ideya kawalang-pananampalataya ng Israel at katapatan ni YHWH ay Nehemiah 9 (pansinin din ang Mga Gawa 7).
   1. panawagan kay Abraham – Awit 78:6-8
   2. exodo – Awit 78:9-14
   3. mga paglalagalag sa ilang – Awit 78:15-21
   4. pagsakop– Awit 78: 22-25
   5. mga hukom – Awit 78: 26-31

   Pansinin din na ang Awit 105-106 ay tungkol din sa katapatan ng Diyos at kawalang-katapatan ng Israel!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 78:1-4**

**1 Makinig kayo, Oh bayan ko, sa aking kautusan:**
**ikiling ninyo ang inyong mga pakinig sa mga salita ng aking bibig.**
**2 Aking bubukhin ang aking bibig sa isang talinghaga;**
**ako ay magsasalita ng mga malabong sabi ng una:**
**3 Na aming narinig at naalaman,**
**at isinaysay sa amin ng aming mga magulang.**
**4 Hindi namin ikukubli sa kanilang mga anak,**
**na isasaysay sa salin ng lahing darating ang mga pagpuri sa Panginoon,**
**at ang kaniyang kalakasan, at ang kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa.**

**78:1-4** Ang salmista ay sumasamo sa kasunduang bayan na pakinggan at tumugon ng nararapat sa kapahayagan ng Diyos (cf. Awit 78: 4c). Siya rin ay sumasamo sa kanila na ipasa ang mga katotohanan sa kanilang mga anak at mga apo at higit pa, sa bawat bagong salin-lahi (cf. Deuteronomio 4:9-10; 6:7,20-25; 11:19; 32:46).

**78:1** Mayroong dalawang MGA PAUTOS.
   1. mikinig (sa literal, "dinggin") – BDB 24, KB 27, *Hiphil* PAUTOS
   2. ikiling ang inyong mga pakinig (sa literal ay "ikiling") – BDB 639, KB 692, *Hiphil* PAUTOS

▣ **"kautusan"** Ito sa literal ay "pagtuturo"(BDB 435). Ito ay kaagapay sa "mga salita ng aking bibig." Mayroong maraming iba't-ibang Hebreong salita na ginamit sa Awit na ito para sa kapahayagan ni YHWH.
   1. pagtuturo/aral, Awit 78:1 – BDB 435
   2. patotoo, Awit 78:5 – BDB 730
   3. kautusan, Awit 78:5,10 – BDB 435
   4. utos, Awit 78:51 – BDB 846

5. mga patotoo, Awit 78:56 – BDB 729 I

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

Ang Awit na ito ay isinulat para sa kasunduang bayan (kadalasang ang Awit ay ipinapahayag sa Diyos). Tila ang pangkasaysayang pagsusuring ito ay ginamit (binasa) sa isang taunang pista o pagdiriwang sa templo upang himukin ang bayan ng Diyos na matutuo mula sa nakalipas at mabuhay nang nararapat bilang bayan ng Diyos.

**78:2 "talinghaga. . .mga malabong sabi"**

1. talinghaga – BDB 605
2. malabong sabi – BDB 295

Ang PANDIWA at PANGNGALAN na bumubuo ng kapwa mga salita ay matatagpuan sa Ezekiel 17:2. Aking isinama ang aking mga tala mula dito sa ibaba.

**Ezekiel 17:2** Ang talatang ito ay may dalawang kaagapay na MGA PAUTOS.

1. "ipaliwanag ang isang bugtong," BDB 295, KB 295, *Qal* PAUTOS, cf. Mga Hukom 14:12-19
2. "nagpapahayag ng isang talinghaga," BDB 605 II, KB 647, *Qal* PAUTOS, cf. 12:23; 16:44; 17:2; 18:2; 20:49; 24:3

Ang terminong "bugtong" (BDB 295, pansinin ang kaugnayan ng PANDIWA, BDB 295, at PANGNGALAN, BDB 295) ay nangangahulugan na isang pahayag na kailangang magkaroon ng ilang ipinahiwatig at ibinigay na impormasyon upang maunawaan (cf. Kawikaan 1:6).

Ang terminong "talinghaga" (BDB 605 II, pansinin ang kaugnayan ng PANDIWA, BDB 605 II, at PANGNGALAN, BDB 605 II) ay nagpapahiwatig na isang maikling patulang balangkas, na maaaring isang kawikaan na gumagamit ng paghahambing bilang isang paraan sa paglalarawan ng katotohanan.

Si Ezekiel ay gumagamit ng labis na paglalarawang wika upang hikayatin ang mga ipinatapong matuwid at tiyak na kahatulan ng Herusalem.

Hindi sinusubukan ni YHWH na itago ang katotohanan ngunit nagpapahayag na ang susi sa pagkakaunawa ay nagmumula sa Kaniyang tagapagsalita/ mga propeta. Ang nakalipas na mga gawa ng Diyos ay kailangang maipaliwanag nang sariwa para sa bawat salin-lahi.

Sinipi ni Hesus ang talatang sa Mateo 13:35. Ginagamit Niya ito upang ipaliwanag kung bakit ang mga karamihan ng tao ay hindi maunawaan ang Kaniyang mga pagtuturo. Siya, rin, ay muling ipinaliwanag ang nakalipas ng Israel. Siya ay nagpapahayag na ang pangwakas na pagtuon ng kasaysayan ng Israel ay Kaniyang sarili! Gayunman, ang nakakamanghang katotohanan ay hindi kagyat na maliwanag ngunit kailangang ipahayag! Siya ang tunay na hantungang tagapaghayag (cf. Mateo 5:17-19,21-48)! Gaya ng pagtanggi ng Israel na makita ang kalooban at layunin ni YHWH sa kaniyang kasaysayan, kaya gayundin, ang salin-lahi ni Hesus ay ipinamuhay ang mga propesiya ng Isaias 6:9-10; 29:13. Sila ay tulad ng mga Israelita ng Awit 78:8!

**78:4** Bawat salin-lahi ay dapat turuan ang kanilang mga anak tungkol sa Diyos. Ito ay isang inuulit na pagbibigay-diin sa Deuteronomio. Aking isinam ang aking mga tala mula sa **Deuteronomio 4:9** at **6:7**.

**4:9 "maituro sa kanilang mga anak"** Ito ay isang inuulit paksa sa Deuteronomio (cf. v. 10; 6:7, 20-25; 11:19; 31:13; 32:46; at tingnan ang Exodo 10:2; 12:26; 13:8,14). Kung ang mga mananampalataya ay hindi nagtuturo sa kanilang mga anak patungkol sa Diyos, sila ay mga kabiguan bilang mga magulang (nagsasalita ang bibliya)! Ang pananampalataya ay umaagos sa pamamagitan ng mga pamilya (cf. 5:10; 7:9)!

**6:7 "At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak"** Ang PANDIWA (BDB 1041, KB 1606, *Piel* GANAP) ay nangangahulugang "patalasin" at sa *Piel* ito ang tanging paggamit. Ang salita sa Ugaritiko ay nangangahulugang "ulitin." Ito ay tila naging batayang pagbibigay-diin sa talatang ito. Ang mga rabbi ay gumagamit ng talatang ito upang ihayag na ang *Shema* ay kailangang "nauulit" umaga at gabi. Tayo ay mag-uusap patungkol sa kalooban ng Diyos para sa ating mga buhay sa buong panahon ng ating pang-araw-araw na mga gawain. Ito ay ang pananagutan ng mga magulang na maipasa ang pamumuhay pananampalataya (cf. Deuteronomio 4:9; 6:20-25; 11:19; 32:46, tingnan ang buong tala sa 4:9). Ito ay nakakawili na ang pagdaloy nang magkakaibang beses para sa pagtuturo ay nauugnay sa katulad pampanitikang huwaran gaya ng Mga Awit 139:2-6 at Kawikaan 6:20-22. Ang pagbibigay-diing ito sa pangmagulang sa pananagutan ay naulit sa Kawikaan 22:6. Ang ating makabagong araw na paaralan sa iglesiya ay hindi mapapalitan ang pagsasanay ng magulang gunit ito ay walang alinlangan na maaaring makatulong dito!

▣ **"Kaniyang kalakasan at Kaniyang kagila-gilalas na mga gawa"** Ang Awit na ito ay may maraming iba't-ibang mga termino na naglalarawan ng mga gawa ng kapahayagan at pagpapalaya ni YHWH.

1. Awit 78:4
   a. ang mga maluwalhating gawa (sa literal ay "mga papuri") – BDB 239, #4, cf. Awit 9:14; 35:28; 79:13; 102:21; 106:2,47; Isaias 43:21; 60:6; 63:7
   b. Kaniyang kalakasan – BDB 739, cf. Awit 145:6
   c. Kaniyang mga kahanga-hangang gawa – BDB 810, KB 927, *Niphal* PANDIWARI, cf. Mikas 7:15, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kamangha-manghang Bagay
2. Awit 78:7 – ang mga gawa ng Diyos – BDB 760, cf. Awit 77:11,12; Mikas 2:7
3. Awit 78:11
   a. Kaniyang mga gawa – BDB 760, katulad ng #2, at talata 32
   b. Kaniyang mga himala – BDB 810, katulad ng #1, c
4. Awit 78:12 – Kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa – BDB 810, katulad ng #1, c
5. Awit 78:32 – Kaniyang mga kamangha-manghang gawa – BDB 810, katulad ng #1, c at Awit 78:11
6. Awit 78:42 – Kaniyang kapangyarihan (sa literal ay "kamay") – BDB 388, cf. Natatanging Paksa: Kamay
7. Awit 78:43
   a. Kaniyang mga tanda – BDB 16, #4, cf. Exodo 10:2; Awit 65:8
   b. Kaniyang mga himala – BDB 68, #1, cf. Deuteronomio 4:34; 6:22; 7:19; 26:8; 29:2; 34:11; Nehemiah 9:10; Awit 105:27; 135:9; Jeremias 32:20-21
8. Awit 78:54 – Kaniyang kanang kamay na nagtamo – BDB 411, tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 78:5-8**

**5 Sapagka't siya ay nagtatag ng patotoo sa Jacob,**
**at nagtakda ng kautusan sa Israel,**
**na kaniyang iniutos sa aming mga magulang,**
**na kanilang ipabatid sa kanilang mga anak:**
**6 Upang maalaman ng lahing darating, sa makatuwid baga'y ng anak na ipanganganak;**
**na siyang magsisibangon, at mangagsasaysay sa kanilang mga anak:**
**7 Upang kanilang mailagak ang kanilang pagasa sa Diyos,**
**at huwag kalimutan ang mga gawa ng Diyos,**
**Kundi ingatan ang kaniyang mga utos:**
**8 At huwag maging gaya ng kanilang mga magulang,**
**may matigas na ulo at mapanghimagsik na lahi;**

**isang lahing di naglagay sa matuwid ng kanilang puso,**
**at ang kanilang diwa ay hindi tapat sa Diyos,**

**78:5-8** Ang istropang ito ay nagbibigay-diin sa pangangailangan ng bawat salin-lahi ng matapat na mga taga-sunod na ipasa ang kanilang pananampalataya at pagkakaunawa sa kalooban ng Diyos sa kanilang mga pamilya (tingnan ang mga tala sa Awit 78:4).

Ang mga matatapat na mga taga-sunod ay ipinakilala bilang

1. inilagak ang kanilang pag-asa (sa literal ay "pag-asa," BDB 492) sa Diyos
2. hindi kinakalimutan ang Kaniyang mga gawa, cf. Deuteronomio 4:9,23; 31:6:12; 8:11,14,19 (dalawang beses); 9:7; 25:19
3. ingatan ang Kaniyang mga utos, cf. Deuteronomio 4:2,6,10; 5:1,10,29,32; 6:2,3,17,25; 7:9,11,12; 27:1; Josue 22:5

Ang Awit 78:7 ang positibong paksa ng buong Awit at 78:8 ay isang makapangyarihang babala kung ano ang di dapat gawin!

**78:8** Kahit na sa lahat ng ginawa ni YHWH para sa mga supling si Abraham, sila pa rin ay walang katapatan (i.e., 2 Cronica 30:7; Ezekiel 20:13,18). Ang Awit 78:8 ay pinag-iiba ang walang katapatan sa matapat.

1. matigas na ulo – BDB 710, KB 770, *Qal* PANDIWARI, cf. Deuteronomio 9:6,13; 10:16; 31:27
2. mapaghimagsik – BDB 598, KB 632, *Qal* PANDIWARI, cf. Deuteronomio 9:34; 31:27
3. di naglagay sa matuwid ng kanilang puso – BDB 465, KB 464, *Hiphil* GANAP, cf. Awit 78:37
4. ang kanilang diwa ay hindi tapat sa Dios – BDB 52, KB 63, *Niphal* GANAP

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 78:9-16**

**9 Ang mga anak ni Ephraim, gayong may sakbat at may dalang mga busog,**
**at nagsitalikod sa kaarawan ng pagbabaka.**
**10 Hindi nila tinupad ang kasunduan ng Diyos,**
**at nagsitangging magsilakad sa kaniyang kautusan;**
**11 At kanilang kinalimutan ang kaniyang mga gawa,**
**at ang kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa na kaniyang ipinakita sa kanila.**
**12 Mga kagilagilalas na mga bagay ay ginawa niya sa paningin ng kanilang mga magulang,**
**sa lupain ng Ehipto, sa parang ng Zoan.**
**13 Hinawi niya ang dagat, at pinaraan niya sila;**
**at kaniyang pinatayo ang tubig na parang bunton.**
**14 Sa araw naman ay kaniyang pinatnubayan sila sa pamamagitan ng isang ulap,**
**at buong gabi ay sa pamamagitan ng tanglaw na apoy.**
**15 Kaniyang pinuwangan ang mga bato sa ilang,**
**at pinainom niya sila ng sagana na gaya ng mula sa mga kalaliman.**
**16 Nagpabukal naman siya mula sa bato.**
**At nagpababa ng tubig na parang mga ilog.**

**78:9-16** Ang istropang ito ay binabanggit sa exodo. Ang ilan sa mga pagkabanggit ay hindi malinaw (i.e., Awit 78:9), ngunit maramin ang (Mga Kaunawaang Kontekstuwal, C) napakalinaw.

Ephraim ay maaaring isang paraan sa pagtukoy sa mga Hilagang Tribo. Sina Jose at Josue ay kapwa mula sa ang tribo ni Ephraim, na sa bilang ay ang pinakamalaking tribo. Sina Ephraim at Manasseh ay kapwa mga anak ni Jose sa isang Ehipsiyong ina. Pinagpala ni Jacob si Ephraim nang higit sa panganay na si Manasseh (cf. Genesis 48:14-20).

**78:10** Pansinin ang MGA PANDIWA na "tinupad" (BDB 1036, KB 1581, *Qal* GANAP, tinanggihan) at "nagsilakad" (BDB 229, KB 246) ay kaagapay at naglalarawan ng pangkasunduang pamumuhay. Ang pagsunod sa kasunduan ni Moises ay napakahalaga (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30).

**78:11** Ang pangkasalukuyang salin-lahi ng mga Israelita ay nakalimutan lahat kung ano ang ginawa ni YHWH para sa kanila sa panahon ng exodo (cf. Deuteronomio 8:11-20). Kaya sa mga susunod na mga talata, marami sa mga makapangyarihang mga gawa ng pagpapalaya ni YHWH ay ibinilang.

**78:12 "Zoan"** Ang terminong ito (BDB 858) ay mula sa isang Ehiptong ugat para sa "muog." Ang muog/ tanggulan ay matatagpuan sa rehiyong Delta ng Ehipto, na kilala din bilang Goshen (silangang delta ng Nilo), kung saan naniraan ang mga Israelita sa panahon ni Jose. Ang lungsod ay kilala sa iba't-ibang mga pangalan sa iba't-ibang mga yugto.

1. Zoan (cf. Bilang 13:22)
2. Tannis
3. Avaris
4. Rameses (pangalang galing kay Rameses II, cf. Exodo 1:11; 12:37; Bilang 33:3)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 78:17-20**

**17Gayon man ay nagkasala uli sila laban sa kaniya,**
**upang manghimagsik laban sa Kataastaasan sa ilang.**
**18At kanilang tinukso ang Diyos sa kanilang puso,**
**sa paghingi ng pagkain sa kanilang pita.**
**19Oo, sila ay nagsalita laban sa Diyos;**
**kanilang sinabi, Makapaghahanda ba ang Diyos ng dulang sa ilang?**
**20Narito, kaniyang pinalo ang bato, na ang mga tubig ay bumubuluwak,**
**at mga bukal ay nagsisiapaw;**
**makapagbibigay ba siya ng tinapay naman?**
**Ipaghahanda ba niya ng karne ang kaniyang bayan?**

**78:17-20** Ang istropang ito ay nagpapatuloy sa paglalarawan sa mga gawa ng di-mapagpasalamat, masuwaying mga Israelita ng exodo at yugto ng paglalagalag sa ilang.

**78:18 "kanilang tinukso ang Diyos"** Ang PANDIWA (BDB 650, KB 702, *Piel* DI-GANAP na may *waw*) ay ginamit nang maraming beses sa Israel na sinusubok ang Diyos (cf. Exodo 17:2; Bilang 14:22; Deuteronomio 6:16; Awit 78:18,41,56; 95:9; 106:14).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 78:21-33**

**21Kaya't narinig ng Panginoon, at napoot:**
**at isang apoy ay nagalab laban sa Jacob,**
**at galit naman ay napailanglang laban sa Israel;**
**22Sapagka't sila ay hindi nagsisampalataya sa Diyos,**
**at hindi nagsitiwala sa kaniyang pagliligtas.**
**23Gayon man ay nagutos siya sa mga langit sa itaas,**
**at binuksan ang mga pintuan ng langit;**
**24At pinaulanan niya sila ng mana upang makain.**
**At binigyan sila ng trigo ng langit.**
**25Kumain ang tao ng tinapay ng mga anghel:**
**pinadalhan niya sila ng pagkain hanggang sa nangabusog.**
**26Kaniyang pinahihip ang hanging silanganan sa mga langit:**
**at ng kaniyang kapangyarihan ay pinatnubayan niya ang hanging timugan.**
**27Pinaulanan naman niya sila ng karne na parang alabok,**
**at ng mga ibong parang buhangin sa mga dagat:**
**28At pinalagpak niya sa gitna ng kanilang kampamento,**

**sa palibot ng kanilang mga tahanan.**
**29Sa gayon ay nagsikain sila, at nangabusog na mabuti;**
**at ibinigay niya sa kanila ang kanilang pita.**
**30Hindi sila nagsihiwalay sa kanilang pita,**
**ang kanilang pagkain ay nasa kanila pang mga bibig,**
**31Nang ang galit ng Diyos ay paitaas laban sa kanila,**
**at pumatay sa mga pinakamataba sa kanila,**
**at sinaktan ang mga binata sa Israel.**
**32Sa lahat ng ito ay nangagkasala pa sila,**
**at hindi naniwala sa kaniyang kagilagilalas na mga gawa.**
**33Kaya't kaniyang pinaram ang kanilang mga kaarawan sa walang kabuluhan,**
**at ang kanilang mga taon ay sa mga kakilabutan.**

**78:21-33** Ang nagpatuloy pagsuway ng Israel ay nagduduloy kay YHWH na hatulan sila. Isang halimbawa na ginamit ay ang kahimala-himalang pagtutustos ni YHWH sa laman (pugo). Sinabi Niya sa kanila kung paano tanggapin ang Kaniyang pagpapala ngunit muli silang sumuway (cf. Bilang 11). Ang kanilang mga pagkilos ay nagpakita ng kanilang pag-uugali para kay YHWH.

1. sila ay hindi nagsisampalataya, Awit 78:22
2. sila ay hindi nagsitiwala, Awit 78:22
3. Sa lahat ng ito ay nangagkasala pa sila, Awit 78:32

**78:22 “nagsisampalataya. . .nagsitiwala”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT.

**78:23 “binuksan ang mga pintuan ng langit”** Ang “mga langit” (tingnan ang Natatanging Paksa: Kalangitan at Natatanging Paksa: Kalangitan at ang Ikatlong Langit) ay ipinagpapalagay bilang isang kabilugan na babalutan ng balat, tulad ng isang tambol. Ang kabilugang ito ay inihiwalay ang mga tubig sa ibabaw mula sa pagkakahulog sa mundo. Sila ay iniisip na mayroong mga binatana na maaaring mabuksan o masara, batay sa kalooban ng Diyos at mga pagkilos ng sangkatauhan (cf. Genesis 7:11; Malakias 3:10). Ang Diyos ay maaaring magkaloob ng

1. rain (Genesis)
2. pagkain (Awit)
3. mga pagpapala (Malakias)

**78:24-25 “trigo ng langit. . .tinapay ng mga anghel”** Ito ay tumutukoy sa mana (cf. Exodo 16). Si YHWH ay mapagbiyaya (cf. Awit 78:38), ngunit sila ay mapaghimagsik.

Ang manna (BDB 577 I) ay isang puting sangkap na makikita bilang hamog. Ang pangalan ay maaaring nagmula sa Exodo 16:4, “Ano ito?” Ito ay isang mahimalang pagtustos ng pagkain doon sa yugto ng paglalagalag sa ilang. Ito ay maaaring tipunin para sa lamang isa araw at isang panahon (pang-araw-araw na pagtustos ng diyos) o ito ay mapapasama (cf. Exodo 16:16-21), malibang para sa sa araw bago ang Sabbath na sapat para sa dalawang araw na pagtipon at hindi ito napasama (cf. Exodo 16:22-29). Ito ay linuluto tulad ng harina. Ito huminto nang ang mga Israelita ay tumawid ng Jordan (cf. Josue 5:12).

**78:27 “alabok. . .buhangin”** Ito ay dalawa sa tatlong mga termino (alabok, buhangin, bituin) na ginamit sa paglalarawan ng napakarami. Sila ay palaging inuugnay sa napakaraming mga supling ng mga Patriyarka (i.e., pangako ng Diyos kay Abraham, cf. Genesis 12:2).

1. alabok – Genesis 13:16; 28:14; Bilang 23:10
2. buhangin – Genesis 22:17; 32:12; 2 Samuel 17:11; 1 Mga Hari 4:20
3. bituin – Genesis 15:5; 22:17; 26:4; Exodo 32:13; Deuteronomio 1:10; 10:22; 28:62

**78:29-31** Ang Diyos ay nagkaloob ng pugo ngunit muli, ang bayan ay hindi nagtiwala sa pagtustos ng Diyos at sinubukang magtipon ng malaking bilang ng mga ibon para sa panghinaharap na paggamit. Ito ay nakapagpagalit sa Diyos at ang Kaniyang kahatulan napasakanila (cf. Bilang 11:31-35).

Muli at muli sa OT, sinabi ng Diyos sa Kaniyang bayan ang dapat gawin ngunit sila ay tumanggi at ginawa ito sa kanilang paraan. Sa bawat panahon ito ay nagbubunga ng kahatulan! Ang isyu ay "pagtitiwala"! And ito ay nagpapatuloy!

**78:33**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"pinaram sa walang kabuluhan"** |
| **NASB margin** | **"walang kabuluhan, isang paghinga lamang"** |
| **NRSV** | **"pinaram tulad ng paghinga"** |
| **NJB** | **"nawala sa gitna"** |

Ang terminong ito (BDB 210 I) ay isang susi termino sa Ecclesiastes. Tingnan ang aking tala sa ibaba mula sa Ecclesiastes 1.

> **Ecclesiastes 1:2 "walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan"** Ito ay isang Hebreong panukdulan (cf. 1:2 at 12:8). Ang salita ay nangangahulugang "singaw," "hininga," o "ambon" (BDB 210 I, cf. Santiago 4:14). Ang pagbibigay-diin nito ay alinman sa (1) kawalang-halaga o (2) ang pagkapanandalian ng buhay ng tao. Ang konteksto ay nagtataguyod sa huli (cf. H. C. Leupold, *Exposition of Ecclesiastes*, p. 41).
>
> Ito ay isang susing termino at inuulit na parirala sa aklat na ito (cf. Ecclesiastes 1:2,14; 2:1, 11,15,17,19,21, 23,26; 3:19; 4:4,7,8,16; 5:7,10; 6:2,4,9,11,12; 7:6,15; 8:10,14; 9:9; 11:8,10; 12:8). Ang terminong ay ginamit nang matipid sa ibang karunungang aklat: Job, 5 beses; Awit, 9 beses; at Mga Kawikaan, 3 beses.
>
> Para sa iba't-ibang mga teoriya tungkol sa kung paano titingnan ang mga malakas na pahayag sa aklat na ito, tingnan ang Panimula, Pagkamay-akda, H. Aking kinakatigan ang opsyon #1. Ito ang teolohikong pagpapalagay na magiging sistema kung saan aking ipapaliwanag ang aklat.
>
> ▣ **"lahat ay walang kabuluhan"** Pansinin ang ugat, "walang kabuluhan" (BDB 210 I), ay ginamit nang limang beses sa isang talatang ito! *The Handbook on Ecclesiastes* ng UBS, ay nagsasabign ang termino ay dapat maunawaan bilang
>
> 1. hindi nauunawaan
> 2. misteryoso
> 3. mahiwaga
> 4. hindi maintindihan
>
> Samakatuwid, ito ay nagpapahayag ng katotohanan na ang buhay ay puno ng mga walang kasagutang tanong (p. 4). Ang tanong may kaalaman sa dunong ay malalaman itos, ngunit magpapatuloy na magtiwala sa Diyos at susundin ang Kaniyang kautusan.
>
> Ito ay tumutukoy sa di-tiyak at di-inaasahang mga gawain sa buhay. Ang mga ito ay bunga ng nalugmok na sangkatauhan na sinusubuhang mamahay sa kanilang sariling kalakasan, nagsasarili mula sa Diyos. Ito ang kalagayang iniwan ng Pagbagsak (cf. Genesis 3)!
>
> Ang Hebreong terminong "lahat" (BDB 481), na kadalasang isinasalin na "lahat ng bagay," ay isang karaniwang salita, ngunit kadalasang ginagamit sa Ecclesiastes (i.e., 9 beses sa kabanata 1; 17 beses sa kabanata 2; 13 beses sa kabanata 3, etc.). *Qoheleth* ay gumagamit ng ganitong napapabilang na wika upang ihayag ang kaniyang teolohikong pagbibigay-diin sa
>
> 1. pamamahala at pagka-soberano ng Diyos
> 2. kawalang-saysay at pagka-pansamantala ng tao

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 78:34-39**

[34]**Nang kaniyang patayin sila, sila ay nangagusisa sa kaniya:**

**at sila ay nagsibalik, at nagsihanap ng tapat sa Diyos.**
**35 At kanilang naalaala na ang Diyos ay kanilang malaking bato,**
**at ang Kataastaasang Diyos ay kanilang manunubos.**
**36 Nguni't tinutuya nila siya ng kanilang bibig,**
**at pinagbubulaanan nila siya ng kanilang dila.**
**37 Sapagka't ang kanilang puso ay hindi matuwid sa kaniya,**
**ni tapat man sila sa kaniyang kasunduan.**
**38 Nguni't siya, palibhasa'y puspos ng kaawaan,**
**ay pinatawad ang kanilang kasamaan at hindi sila nilipol:**
**Oo, madalas na inihiwalay ang kaniyang galit,**
**at hindi pinukaw ang buo niyang poot.**
**39 At naalaala niyang sila ay laman lamang;**
**hanging dumadaan, at hindi bumabalik.**

**78:34-39** Ang istropang ito ay naglalarawan ng huwad na pagsisisi ng mga nalalabing mga Israelita at ang reaksyon ni YHWH dito.

1. ang tila pagsisisi, Awit 78:34-35
   a. sila ay nangag-usisa sa Kaniya
   b. sila ay nagsibalik sa Kaniya
   c. sila ay nagsihanap ng tapat sa Kaniya
   d. kanilang naalaala na ang Diyos ay kanilang bato/manunubos
2. ang kanilang tunay na mga kaisipan/mga pagkilos (Awit 78:36-37)
   a. tinutuya nila Siya sa pagsisinungaling (Awit 78:36 isang at b, cf. Isaias 29:13)
   b. ang kanilang puso ay hindi matuwid sa Kaniya
   c. sila ay hindi matapat sa Kaniyang kasunduan
3. mga reaksyon ni YHWH (Awit 78:38-39)
   a. Siya ay puspos ng kaawaan (cf. Exodo 34:6; Nehemiah 9:17; Awit 103:8, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel)
   b. Siya ay nagpapatawad (sa literal ay "tinakpan," BDB 497, KB 493, *Piel* DI-GANAP)
   c. hindi Niya sila nilipol
   d. inihiwalay ang (sa literal ay "tumalikod") Kaniyang galit
   e. hindi pinukaw ang buo Niyang poot
   f. naalaala niyang sila'y laman lamang (cf. Awit 103:14) na nandito ngayon at hindi na babalik

   Awit 78:38-39 ay hindi nangangahulugan na sila ay hindi hahatulan (cf. Awit 78:34a), ngunit hindi sila lubusang pupuksain ni YHWH.

   Ang Awit 78:38-39 ay ginamit sa maraming rabinikong sulat. Ito ay isang buod ng katangian ng Diyos (cf. Exodo 34:6; Nehemiah 9:17; Awit 103:8-14).

**78:35** Pansinin ang iba't-ibang mga pangalan at mga titulo para sa pagka-Diyos.

1. *Elohim* (BDB 43, KB 52)
2. kanilang malaking bato (cf. Awit 18:2; 19:14)
3. *El* (BDB 42, KB 48)
4. *Elyon* (BDB 751, KB 832)
5. kanilang tagatubos (cf. Awit 19:14)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 78:40-53**
**40 Kay dalas na nanghimagsik nila laban sa kaniya sa ilang,**
**at pinapanglaw nila siya sa ilang!**
**41 At sila ay nagsibalik uli, at tinukso ang Diyos,**
**at minungkahi ang Banal ng Israel.**

**42Hindi nila inalaala ang kaniyang kamay,**
**ni ang araw man nang kaniyang tubusin sila sa kaaway.**
**43Kung paanong kaniyang inilagay ang kaniyang mga tanda sa Ehipto,**
**at ang kaniyang mga kababalaghan sa parang ng Zoan;**
**44At pinapaging dugo ang kanilang mga ilog,**
**at ang kanilang mga bukal, na anopa't hindi sila makainom.**
**45Nagsugo rin siya sa gitna nila ng pulutong ng mga bangaw na lumamon sa kanila;**
**at mga palaka, na nagsigiba sa kanila.**
**46Ibinigay rin niya ang kanilang bunga sa tipaklong,**
**at ang kanilang pakinabang sa balang.**
**47Sinira niya ang kanilang ubasan ng granizo,**
**at ang mga puno nila ng sikomoro ng escarcha.**
**48Ibinigay rin naman niya ang kanilang mga hayop sa granizo,**
**at sa mga lintik ang kanilang mga kawan.**
**49Ibinugso niya sa kanila ang kabangisan ng kaniyang galit,**
**poot at galit, at kabagabagan, pulutong ng mga anghel ng kasamaan.**
**50Kaniyang iginawa ng landas ang kaniyang galit;**
**hindi niya pinigil ang kanilang buhay sa kamatayan,**
**kundi ibinigay ang kanilang buhay sa pagkapuksa;**
**51At sinaktan ang lahat na panganay sa Ehipto,**
**ang panguna ng kanilang kalakasan sa mga tolda ni Cham:**
**52Nguni't kaniyang pinayaon ang kaniyang sariling bayan na parang mga tupa,**
**at pinatnubayan sila sa ilang na parang kawan.**
**53At inihatid niya silang tiwasay, na anopa't hindi sila nangatakot:**
**ngunit tinakpan ng dagat ang kanilang mga kaaway.**

**78:40-53** Mayroong tila isang pagkalito sa istropang ito sa pagitan ng kahatulan ni YHWH sa mga Israelita (cf. Awit 78:40-42) at Kaniyang kahatulan sa Ehipto sa panahon ng exodo. Ang mga salot na binanggit sa Awit 78:43-51 ay nagtuturo sa pagkamatigas ng ulo ng mga pinuno ng Ehipto.

Sa halip na si YHWH ay humahatol sa walang katapatang Israel (i.e., yugto ng paglalagalag sa ilang, cf. Awit 78:40-43), Siya ay isang pastol sa kanila (cf. Awit 78:52-53).

Pansinin kung paanong ang kawalang-pananampalataya ng Israel ay ipinakilala.

1. sila naghimagsik laban sa Kaniya, Awit 78:40
2. pinapanglaw nila Siya, Awit 78:40
3. tinukso nila Siya, Awit 78:41
4. minungkahi nila Siya, Awit 78:41
5. Hindi nila inalaala ang Kaniyang kapangyarihan/ mga tanda/ mga kababalaghan, Awit 78:42

**78:44-51** Ang mga talatang ay naglalarawan ng mga salot sa Ehipto.

1. tubig/ilog na naging dugo – Exodo 7:17-19
2. mga langaw – Exodo 8:16-18
3. mga palaka – Exodo 8:2-6
4. tipaklong/ mga balang – Exodo 8:21; 10:4-6
5. mga tipak ng yelo – Exodo 9:18
6. salot/ pagkakasakit – Exodo 9:8-10
7. kamatayan ng mga panganay – Exodo 11

Ang pagkakasunod-sunod at bilang ay hindi eksakto ngunit maliwanag na sampung salot ng Exodo 7-11 ang tinutukoy dito, maliban na sila ay naging mga wikain ng kahatulan ni YHWH.

**78:49** Ang talatang ito gumagamit ng isang litanya ng mga termino na naglalarawana sa poot ng Diyos (Awit 78:38).

1. kalabisang ng galit – BDB 354 KAYARIAN BDB 60 I
2. poot – BDB 720
3. galit – BDB 276
4. kabagabagan – BDB 865
5. pulutong ng mga mapanirang anghel

Ang bilang 5 ay isang wikain na nagpapakilala ng mga sangkap ng poot ng Diyos. Sa tala ng Exodo sa kamatayan ng mga panganay sa hindi namarkahang bahay, ang Diyos mismo ang nagdulot ng pangyayari (cf. Exodo 11:4; 12:12). Sa huli, ito ay naging pagkauna sa Judaismo ng "ang Anghel ng Kamatayan" (i.e., Samael o Azrael), ngunit ang Bibliya ay hindi tiyakang binabanggit siya, bagaman ang 2 Samuel 24:16; 2 Mga Hari 19:35; 1 Cronica 21:15; Isaias 37:36, ay nagpapahiwatig ng isa. Ang mga rabbi ay nagpapahayag din na ang Awit 89:48 ay tumutukoy sa kaniya (i.e., Targum, "pagkakita sa anghel ng kamatayan"). Ang teolohikong punto ay ang Diyos, hindi si Satanas o isang anghel, ay may pamamahala sa kamatayan!

**78:50** Ito ay isang wikain para sa paghahanda para sa isang pagkilos. Ang susunod na dalawang linya ay nagpapakita na sa ganitong pagkakataong, ito ay kahatulan ni YHWH.

**78:52** Ang iyos bilang pastol ay isang inuulit na paksa sa Awit ni Asaph. Tingnan ang tala sa Awit 77:20.

**78:53** Ang talatang ito ay may dalawang pangkasaysayang mga pagkabanggit.

1. "inihatid sila" ay tumutukoy sa *Shekinah* ulap ng kaluwalhatian na naggabay sa mga Israelita (cf. Exodo 13:21; 14:19,24; 33:9,10)
2. "tinakpan ng dagat ang kanilang mga kaaway" ay tumutukoy sa paghahati ng Dagat na Mapula at samakatuwid ang pagbabalik nito ng tubig upang lunurin ang mga piling mga sundalo at mga karwahe ng Ehipto (cf. Exodo 14-15)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 78:54-64**

**54 At dinala niya sila sa hangganan ng kaniyang santuario,**
**sa bundok na ito na binili ng kaniyang kanang kamay.**
**55 Pinalayas din niya ang mga bansa sa harap nila,**
**at binahagi sa kanila na pinakamana sa pamamagitan ng pising panukat,**
**at pinatahan ang mga lipi ng Israel sa kanilang mga tolda.**
**56 Gayon man ay nanukso at nanghimagsik sila laban sa Kataastaasang Diyos,**
**at hindi iningatan ang kaniyang mga patotoo;**
**57 Kundi nagsitalikod, at nagsigawang may paglililo na gaya ng kanilang mga magulang:**
**sila ay nagsilisyang parang magdarayang busog.**
**58 Sapagka't minungkahi nila siya sa galit ng kanilang mga mataas na dako,**
**at kinilos nila siya sa panibugho ng kanilang mga larawang inanyuan.**
**59 Nang marinig ito ng Diyos, ay napoot,**
**at kinayamutang lubha ang Israel:**
**60 Sa gayon ay kaniyang pinabayaan ang tabernakulo ng Silo,**
**ang tolda na kaniyang inilagay sa gitna ng mga tao;**
**61 At ibinigay ang kaniyang kalakasan sa pagkabihag,**
**at ang kaniyang kaluwalhatian ay sa kamay ng kaaway.**
**62 Ibinigay rin niya ang kaniyang bayan sa tabak;**
**at napoot sa kaniyang mana.**
**63 Nilamon ng apoy ang kanilang mga binata;**
**at ang mga dalaga nila ay hindi nagkaroon ng awit ng pagaasawa.**
**64 Ang mga saserdote nila ay nabuwal sa pamamagitan ng tabak;**
**at ang mga bao nila ay hindi nanganaghoy.**

**78:54-64** Ang istropang ito ay nagtatala ng pagsakop at paninirahan sa Lupang Ipinangako (cf. Genesis 15:12-21). Ang mga tribong Cananeo (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Naninirahan sa Palestina bago pa Dumating ang mga Israelita) ay natalo at tinanggal ng Diyos dahil sa kanilang kasalanan. Kalunos-lunos na maging katulad na bagay ang mangyayari sa mga tribo ng Israelita.

**78:55b** Ang aklat ni Josue, mga kabanatang 12-19, ay naglalarawan ng pamamahagi ng Diyos sa lupain para sa mga anak ni Jacob.

**78:56-58** Ang mga linyang ito ng panulaan ay naglalarawan kasalanan at paghihimagsik ng Israel, na sa lahat ay mas kakila-kilabot dahil sa lahat ng ginawa ng Diyos para sa kanila (cf. Lucas 12:48).

1. tinukso nila ang Diyos, Awit 78:56a
2. sila ay naghimagsik laban sa Diyos, Awit 78:56a
3. hindi nila iningata ang Kaniyang kasunduan, Awit 78:56b
4. sila ay nagsitalikod sa Kaniya, Awit 78:57a
5. sila ay nagsigawang may paglilo na gaya ng kanilang mga magulang, Awit 78:57a
6. sila ay nagsilisyang parang magdarayang busog, Awit 78:57b
7. pinapagalit nila Siya sa Cananeong pagsamba sa diyus-diyosan, Awit 78:58a
8. kinilos nila Siya sa panibugho ng kanilang mga larawang inanyuan, Awit 78:58b

**78:59-64** Ang mga talatang ay naglalarawan sa kung ano ang ginawa ng sa Israel sa liwanag ng kanilang mga pagkilos (Awit 78:56-58).

1. Siya ay napuno ng poot
2. kinayamutan Niyang lubha ang Israel
3. kaniyang pinabayaan ang tabernakulo ng Silo (cf. 1 Samuel 4:11)
4. pinayagan Niyang matalo ang Israel
5. ibinigay Niya ang Israel sa tabak
6. Siya ay napuno ng poot sa Kaniyang mana
    a. Nilamon ng apoy ang kanilang mga binata
    b. ang mga dalata nila ay hindi nagkaroon ng pag-aasawa
    c. ang mga saserdote ay pinatal
    d. ang mga balo ay nananaghoy

Ang mga pagpili ng tao ay mayroong mga kahihinatnan, kapwa pansamantala at walang-hanggan!

**78:62 "Kaniyang mana"** Ito ay pagkakaagapay sa "Kaniyang bayan" (cf. Awit 106:40). Ang pinagmula ng paglalarawang ito ay Deuteronomio 9:29. Ito, tulad ng napakaraming mga larawan, ay naaayon sa pamilya.

**78:63 "apoy"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 78:65-72**

**65Nang magkagayo'y gumising ang Panginoon na gaya ng mula sa pagkakatulog,**
**gaya ng malakas na tao na humihiyaw dahil sa alak.**
**66At sinaktan niya sa likod ang kaniyang mga kaaway:**
**inilagay niya sila sa laging kadustaan.**
**67Bukod dito'y tinanggihan niya ang tolda ng Jose,**
**at hindi pinili ang lipi ni Ephraim;**
**68Kundi pinili ang lipi ni Juda,**
**ang bundok ng Zion na kaniyang inibig.**

**69At itinayo niya ang kaniyang santuario na parang mga kataasan,**
**parang lupa na kaniyang itinatag magpakailan man.**
**70Pinili naman niya si David na kaniyang lingkod,**
**at kinuha niya siya mula sa kulungan ng mga tupa:**
**71Dinala niya siya na mula sa pagsunod sa mga tupa ng nagpapasuso,**
**upang maging pastor ng Jacob na kaniyang bayan,**
**at ang Israel na kaniyang mana.**
**72Sa gayon ay siya ang kanilang pastor ayon sa pagtatapat ng kaniyang puso;**
**at pinatnubayan niya sila sa pamamagitan ng kabihasahan ng kaniyang mga kamay.**

**78:65-72** Ang pangwakas na istropa ay naglalarawan kung paano nagbaling ang Diyos mula sa poot upang magpatuloy ang Kaniyang pangkatubusang mga layunin (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

1. Diyos ay inilarawan bilang isang persona na ginagamit ang kaniyang mga pandama (tingnan ang Natatanging Paksa: Diyos na Inilalarawan bilang Tao)
2. tinalo Niya ang mga nagpapahirap sa Kaniyang bayan
3. binigyan Niya sila ng isang walang-hanggang pagsisisi
4. Kaniyang muling inangkop ang ayos ng mga tribo bilang lugar ng pamunuan
    a. tinanggihan si Jose at Ephraim
    b. pinil ang tribo ng Judah (cf. Genesis 49:8-12; Deuteronomio 33:7)
5. Kaniyang piniling ilagay ang templo sa Judah sa Bundok Moria (tinawag na Sion)
6. Pinili Niya sa David bilang Kaniyang natatanging pinuno (at kaniyang mga supling, cf. 2 Samuel 7)
    a. inilarawan bilang isang pastol
    b. may isang puso ng katapatan
    c. may mahuhusay na kamay

Sa pagkabanggit sa pagtanggi ng Diyos sa mga Tribo ng Hilaga at pagpili sa Judah, ito ang tila panghuling anyo ng Awit ay isinulat pagkatapos ng pagbagsak ng Israel/Ephraim/Samaria noong 722 B.C. sa Asiria.

Ang istropang ito ay isang mabuting halimbawa kung paanong inihayag ng Diyos ang Kaniyang pagka-soberano. Ang inaasahan sa kultura ay binago upang ipakita ang pamamahala ng Diyos.

1. Judah hindi Ephraim
2. Sion hindi Shiloh
3. si David hindi ibang mga anak ni Jesse

Ito ay katulad sa teolohiya sa mga Patriyarka na lahat ay nakapag-asawa ng baog na babae. Ang kanilang mga anak ay higit sa karaniwan–karaniwang mga kaloob mula sa Diyos. Siya ay namamahala ng panahon, lugar, kasaysayan, pagpili, at kaligtasan!

# AWIT 79

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Panaghoy sa Pagkawasak ng Herusalem, at Panalangin sa Paghingi ng Tulong<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni Asaph | Isang Pagsambit at Panalangin para sa Israel, Pininsala ng mga Kaaway | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa Pambansang Kalaban | Isang Panalangin para sa Pagpapalaya ng Bansa | Pambansang Pananaghoy |
| 79:1-7 | 79:1-7 | 79:1-4 | 79:1-7 | 79:1-2 |
| | | | | 79:3-5 |
| | | 79:5-7 | | |
| | | | | 79:6-7 |
| 79:8-13 | 79:8-10 | 79:8-10 | 79:8-10 | 79:8-9 |
| | | | | 79:10-11 |
| | 79:11-12 | 79:11-13 | 79:11-13 | |
| | | | | 79:12-13 |
| | 79:13 | | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 79:1-7**
**1Oh Diyos, ang mga bansa ay dumating sa iyong mana;**
**ang iyong banal na templo ay kanilang nilapastangan;**
**kanilang pinapaging bunton ang Herusalem.**
**2Ang mga bangkay ng iyong lingkod ay ibinigay nila na pagkain sa mga ibon sa himpapawid,**

**ang laman ng iyong mga banal ay sa mga hayop sa lupa.**
**3 Ang kanilang dugo ay ibinubo nila na parang tubig sa palibot ng Herusalem;**
**at walang naglibing sa kanila.**
**4 Kami ay naging kadustaan sa aming kalapit, kasabihan**
**at kakutyaan nilang nangasa palibot namin.**
**5 Hanggang kailan, Oh Panginoon, magagalit ka magpakailan man?**
**Magaalab ba ang iyong paninibugho na parang apoy?**
**6 Ibugso mo ang iyong pagiinit sa mga bansa na hindi nangakakakilala sa iyo,**
**at sa mga kaharian na hindi nagsisitawag sa iyong pangalan.**
**7 Sapagka't kanilang nilamon ang Jacob,**
**at inilagay na sira ang kaniyang tahanan.**

**79:1-3** Ang mga talata ay naglalarawan kung ano ang ginawa ng mga Hentil na mananakop sa kasunduang bayan (MGA GANAP).

1. lumusob sa iyong mana (sa literal ay "dumating") – BDB 97, KB 112, *Qal* GANAP
2. nilapastangan ang Iyong banal na templo – BDB 379, KB 375, *Piel* GANAP
3. pinapaging bunton ang Herusalem (sa literal ay "inilagay," "inilagak," "itinakda") – BDB 962, KB 1321, *Qal* GANAP
4. ibinigay ang mga bangkay. . .para sa pagkain ng mga ibon – BDB 678, KB 733, *Qal* MGA GANAP, cf. Jeremias 7:33; 16:4; 19:7; 34:20
5. ang kanilang dugo ay ibinubo – BDB 1049, KB 1629, *Qal* GANAP, cf. Awit 79:6, 10
6. walang naglibing sa kanila – BDB 868, KB1064, *Qal* PANDIWARI

Ang mga Hudyo ay maaaring hindi naunawaan kung papaanong pinahintulutan ng kanilang Diyos ang pagsakop sa lupain at pagkadungis ng templo (i.e., Habakkuk). Ito ay tila inuusisa ang Kaniyang:

1. kapangyarihan
2. mga pangako
3. layunin para sa Israel

Ang Awit 79:8-13 ang nagbigay ng kasagutan (cf. Daniel 9:1-14).

**79:1 "Oh DIYOS"** Ito ang unang ng maraming MGA PANAWAGAN.

1. Oh Diyos (*Elohim*), Awit 79:1
2. Oh PANGINOON (YHWH), Awit 79:5
3. Oh Diyos (*Elyon*), Awit 79:9
4. Oh Panginoon (*Adonai*), Awit 79:12

Ang AB ay nagdadag pa ng dalawa (p. 249).

5. Oh Diyos, Awit 79:6
6. Oh Tagasipi, Awit 79:8

▣ **"sa iyong mana"** Pansinin kung ilang beses na pinatingkad ng salmista ang mga pakay ng paglusob na pag-aari ni YHWH.

1. Iyong mana, Awit 79:1
2. Iyong templo, Awit 79:1
3. Iyong mga lingkod, Awit 79:2, 10
4. para sa kaluwalhatian ng Iyong pangalan, Awit 79:9
5. para sa kapakanan ng Iyong pangalan, Awit 79:9
6. Iyong bayan, Awit 79:13
7. tupa ng Iyong patulan, Awit 79:13

▣ **"mga bunton"** Ito ay isang di-karaniwang termino (BDB 730) na ginamit nang dalawang beses sa Mikas.

1. para sa pagkawasak ng Samaria, Mikas 1:6
2. para sa pagkawasak ng Herusalem, Mikas 3:12 (sinipi sa Jeremias 26:18)

Ang Awit na ito ay tila nagpapakilala ng pagbagsak ng Herusalem kay Nebuchadnezzar noon 586 B.C. (tingnan ang 2 Mga Hari 25; 2 Cronica 36 at Panaghoy).

**79:2** Ang di tamang paglilibing ay isang pagkasuklam sa mga tao ng ANE. Ang makain ng mga hayop ay isang nakakatakot na tanawain (cf. Jeremias 7:33; 8:2; 34:20; Ezekiel 29:5; 32:4-6; 33:27; 39:4-5,17-20). Ang Awit 79:2 ay isang katuparan ng sumpa para sa pagsuway sa Deuteronomio 28:26!

**NATATANGING PAKSA: MGA KAGAWIAN SA PAGLILIBING**
**(SPECIAL TOPIC: BURIAL PRACTICES)**

**79:3** Ang unang hanay ng talatang ito ay binabanggit ang pamamaraang ritwal kung saan ang dugo ng mga alay ay ibubuhos sa unahan ng altar ng pag-aalay matapos na pinahid ang kaunting bahagi sa mga sungay ng altar (i.e., Levitico 4:7). Ang Herusalem ay nawasak bilang isang ritwal na alay at ang mga bangkay na katawan bilang isang piging para sa mga mababangis na hayop.

**79:4** Ang kasunduang bayan ay naging
1. isang kadustahan (sa literal ay "isang panunuya," BDB 357) sa kanilang mga kapit-bansang Hentil, cf. Awit 44:13; 69:9,19; 80:6; 89:41
2. isang kakutyaan (sa literal ay "manlibak," BDB 541), cf. Awit 44:13; Ezekiel 23:32; 36:4
3. isang panlilibak, cf. Awit 44:13; Jeremias 20:8 (PANGNGALAN, BDB 887, ginamit lamang ng tatlong beses at ang PANDIWA ay apat na mas higit sa OT)

Ito ay ganap na kabaliktaran ng layunin ni YHWH para sa Israel, na matulungan ang mga bansa na makilala Siya at lumapit sa Kaniya (cf. Ezekiel 36:22-23).

**79:5** Ang tatlong tanong na ito,
1. Hanggang kailan? (cf. Awit 13:1; 74:10; 80:4; 89:46; 90:13; 94:3)
2. magagalit ka magpakailan man? (cf. Awit 44:23 74:1; 77:7; 85:5; 89:46)
3. Magaalab ba ang iyong paninibugho na parang apoy? (cf. Awit 89:46)

ang pagtuon ng pagkalito at panalangin ng Israe. Nagbago na ba ang natatanging pakikipag-ugnayan ni YWH sa mga supling ni Abraham (cf. Awit 89:1-4)?

Si YHWH ay may isang di-nagbabagong layunin para sa Israel (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30, tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH), ngunit kailangan nilang matandaan na ang mga pangako ng pagkalinga, pagtustos, at presensiya ay may pasubali (tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan). Bawat salin-lahi ay dapat yumakap at ipamuhay ang kasunduan. Tandaang ang Awit ay bahagi "dalawang paraan" ng OT (cf. Deuteronomio 30:15-20; Awit 1).

**79:6-7** Ito ay isang panalangin ("ibugso," BDB 1049, KB 1629, *Qal* PAUTOS) para kay YHWH upang kumilos sa kahatulan at pagpapalaya (cf. Awit 79:9) para sa Kaniyang kasunduang bayan (cf. Jeremias 10:25). Pansinin kung paano ipinakilala ang mga bansa (BDB 156).
1. na hindi nangakakakilala sa iyo (tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala)
2. na hindi nagsisitawag sa iyong pangalan (tingnan ang Natatanging Paksa: Anino bilang isang Talinghaga para sa Pagkalingat at Pangangalaga)

Dapat tandaan na ang mga bansa ay
1. walang tunay na kapahayagan
2. pinamamahalaan ng mga paganong idolo na kinasihan ng demonyo

Ang Israel ay dapat na maging "ang" daluyan ng mga kapahayaga ni YHWH tungkol sa Kaniyang sarili. Ito ay hindi nakakagulat na ang mga bansa kumikilos sa mga di-nararapat na paraan (cf. Awit 79:7). Ang nakakagulat sa Israel, na may lahat ng ang espiritwal na mga pakinabang (cf. taga-Roma

9:4-5), ay kumikilos sa paraan na kaniyang ginagawa (cf. Lucas 12:48)!

**79:7 "Sapagkat kanilang"** Ang MT ay may "dahil mayroon siya," ngunit ang sinaunang salin ay mayroong "sila" (LXX, Syriac, Vulgata). Ang pagbabago ay kinapapalooban lamang isang muling pagsasa-tinig.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"tahanan"** |
| **NASB margin** | **"pastulan"** |
| **NKJV** | **"pinaninirahang lugar"** |
| **TEV** | **"bansa"** |
| **NJB, JPSOA** | **"bahay"** |
| **REB** | **"lupang tinubuan"** |

Ang ugat na ito (BDB 627) ay maraming kahulugan.

1. tahanan ng isang pastol (i.e., Jeremias 33:12) o tao (i.e., Job 18:15)
2. pinananahan ng isang bansa (i.e., Jeremias 31:23 – Judah; 49:20 – Edom; 50:45 – Babilonya)
3. isang lungsod (cf. Isaias 33:20)
4. mga malayong panghukbong himpilan (NIDOTTE, vol. 3, p. 55, i.e., Awit 79:7; Isaias 27:10; Jeremias 10:25; 25:30)
5. tirahan (i.e., ang mundo, cf. Jeremias 25:30)
6. lugar ng kapahingahan (BDB 628, cf. Isaias 32:18 mga kaagapay)

Ang Awit 79:7 ay sinusundan ang paggamit ng #2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 79:8-13**

**8Huwag mong alalahanin laban sa amin ang kasamaan ng aming mga magulang:**
**magmadali ang iyong mga malumanay na kaawaan na tulungan kami:**
**sapagkat kami ay totoong hinamak.**
**9Iyong tulungan kami, Oh Diyos ng aming kaligtasan,**
**dahil sa kaluwalhatian ng iyong pangalan:**
**at iyong iligtas kami, at linisin mo ang aming mga kasalanan, dahil sa iyong pangalan.**
**10Bakit sasabihin ng mga bansa, Saan nandoon ang kanilang Diyos?**
**Ang kagantihan sa dugo na nabubo sa iyong mga lingkod**
**maalaman nawa ng mga bansa sa aming paningin.**
**11Dumating nawa sa harap mo ang buntong-hininga ng bihag;**
**ayon sa kadakilaan ng iyong kapangyarihan**
**ay palagiin mo yaong nangatakda sa kamatayan:**
**12At ibalik mo sa aming mga kalapit-bansa sa makapito sa kanilang sinapupunan,**
**ang kanilang pagduwahagi na kanilang idinuwahagi sa iyo, Oh Panginoon.**
**13Sa gayon ay kaming iyong bayan at mga tupa sa pastulan mo**
**mangagpapasalamat sa iyo magpakailan man:**
**aming ipakikilala ang iyong kapurihan sa lahat ng mga lahi.**

**79:8-9** Dalawang mahalagang isyu ang lumabas sa mga talatang ito.

1. ang panalangin ng Israel para na maalala ng Diyos ang Kaniyang kasunduan
2. ang panalangin ng Israel para di-maalala ng Diyos ang kanilang nagpapatuloy na pangkasunduang paghihimagsik at pagsuway

Binatay nila ang kanilang mga panalangin sa katotohanan na hindi mauunawaan ng mga bansa si YHWH (cf. Awit 79:10).

Ang dalawang talata ay mayroong apat na MGA PAUTOS NG PAGSAMO at dalawang MGA DI-GANAP ginamit bilang MGA PANGKAUTUSAN.

1. huwag alalahanin – BDB 269, KB 269, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN

na kaunawaan
2. magmadali – BDB 554, KB 553, *Piel* PAUTOS
3. tulungan kami – BDB 869, KB 1068, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
4. tulungan kami – BDB 740, KB 810, *Qal* PAUTOS
5. iligtas kami – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS
6. linisin ang aming kasalanan – BDB 497, KB 493, *Piel* PAUTOS

**79:8** Ang hanay 1 ay isang pagkabanggit sa teolohikong isyu ng pagsasalin ng kasalanan (at/o pagpapala/kapatawaran) sa panghinaharap na mga salin-lahi. Sa Sampung Utos

1. ang mga bunga ng kasalanan ay dadalawin sa ikatlo at ikaapat na mga salin-lahi (cf. Exodo 20:5; Deuteronomio 5:9)
2. kagandahang-loob sa maraming salin-lahi sa kanilang nagmamahal kay YHWH at iniingatan ang Kaniyang mga kautusan (cf. Exodo 34:7; Deuteronomio 5:10; 7:9)

Kapwa ang mga epekto ng kasalanan at kahababagan ay kumikilos sa panahon ngunit lahat ay nakabatay sa mga pagpili ng tao!

**79:9 "Oh Diyos ng aming kaligtasan"** Ang pariralang ito ay isang inuulit na titulo para sa Diyos ng Israel (cf. Awit 18:46; 24:5; 25:5; 27:9; 65:5; 85:4).

Ang BDB ay nagtala ng maraming mga paraan na ang terminong "kaligtasan" (BDB 447) ay ginamit sa OT.

1. PAMBABAE
   a. kapakanan, kasaganahan
   b. pagpapalaya
   c. kaligtasan mula sa mga panlabas na kasamaan (i.e., Awit 78:22; 80:2)
   d. tagumpay (i.e., Awit 20:5; 21:1,5; 44:4)
2. PANGLALAKI
   a. pagkaligtas, kapakanan, kasaganahan (i.e., Awit 12:5)
   b. kaligtasan (paggamit here)
   c. tagumpay (i.e., Awit 20:6)

**79:10-13** Pansinin ang dalawang uri ng bayan (i.e., Israelita – Hentil). Ang mga Hentil ay mangmang patungkol ay YHWH at sila ay kumikilos sa di-nararapat na paraan. Ang Israel ay nakikiusap para sa kahatulan upang ang Kaniyang bayan ay maaaring

1. "mangagpapasalamant" – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP
2. "ipakilala ang Iyong kapurihan" – BDB 707, KB 765, *Piel* DI-GANAP

Ito ay nakakagulat na makita ang lungkot ng salmista sa pagbagsak ng Herusalem, ang kawalang-galang sa templo, at ang pagkakatapon ng binhi ni David. Gayunman, sa pamamagitan ng pananampalataya, patuloy siyang umaasa sa isang panghinaharap panahon ng pagpupuri!

**79:10 "Saan nandoon ang kanilang Diyos?"** Ang mga bansa ay nagtanong ng isang makapangyarihang katanungan (cf. Awit 42:3,10; 115:2). Sa Awit 42 ito ay tinanong ng ibang mga Israelita ngunit sa Awit 115 at dito, ng mga Hentil. Sila ba ay naghahanap ng impormasyon o linilibak ang Diyos ng Israel? Ang pangalawang opsyon ay maliwanag mula sa konteksto ngunit ang unang opsyon ang pangwakas na layunin ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

**79:11 "yaong nangatakda sa kamatayan"** Ito ay isang di-karaniwang parirala (cf. Awit 102:20). Ito ay maaaring tumukoy sa

1. kanilang pinatapong nakaligtas sa pagsalakay
2. kanilang naghihintay ng pagbitay

3. kanilang itinago mula sa templo (JPSOA talababa, cf. Awit 79:13)

**79:12 "makapito"** Ang bilang na pitong kadalasang ay nagpapakilala ng "kalubusan o perpeksiyon" (tingnan ang Natatanging Paksa: Simbolikong Bilang sa Banal na Kasulatan) ngunit dito, ito ay nagpapakilala isang ganap na (cf. Deuteronomio 28:25; Awit 12:6; Kawikaan 6:31) kahatulan (cf. Genesis 4:15,24).

▣ **"sa kanilang sinapupunan"** Ang terminong "sinapupunan" (BDB 300) ay ginamit sa maraming kaunawaan sa Bibliya. Dito, ito ay nagpapakilala ang panloob na bahagi ng isang tao (cf. Awit 35:13; Jeremias 32:18). Ang salmista ay nananalangin para sa isang lubusang kahatulan sa mananakop na Hentil (i.e., Isaias 65:6,7).

▣ **"ang kanilang pagduwahagi na kanilang idinuwahagi sa iyo"** Ang PANGNGALAN at PANDIWA na "kasiraan" o "paghamak" (BDB 357, cf. Awit 74:10,18 at isang katulad na ugat sa Awit 74:22; Panaghoy 3:30,61; 5:1) ay kadalasang ginagamit sa Banal na Kasulatan. Nakikita ng salmisa ang isang paglusob sa Herusalem bilang isang pagslusob ni YHWH.

**79:13 "mga tupa sa pastulan"** Ito ay nakakawili na sa Awit ni Asaph ang paksang ito ay ay winawakasan ang Awit 77, 78, at 79 (pansinin din kung paano nagsimula ang Awit 80). Ito ay nagpapakilala ang makapangyarihan, personal na katotohanan/paglalarawan ng Awit 23!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit 586 B.C. ang pinakamalapit na palagay sa pangkasaysayang kalagayan ng Awit na ito?
2. Bakit napopoot ang Diyos sa Kaniyang bayan? Sa Awit na ito, sino ang Kaniyang bayan?
3. Kumikilos ba ang kasalanan sa mga salin-lahi?
4. Paano maiuugnay ang Awit 79:10 sa walang-hangan layunin ng katubusan ng Diyos? (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Hanggang Plan ng Katubusan ni YHWH).
5. Paano maiuugnay ang Awit 79:12b sa panalangin ng pagpapatawad at pagpapalaya?

# AWIT 80

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagsamo sa Diyos upang Iligtas ang Kanyang Bayan mula sa mga Sakuna<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit *set,* El Shoshannim; Eduth. Isang Awit ni Asaph | Panalangin para sa Pagpapa-numbalik ng Israel | Panalanngin para sa Pagpa-palaya mula sa Pambansang Kalaban | Isang Panalangin para sa Pambansang Pagpapanum-balik | Panalangin para sa Pagpapa-numbalik ng Israel |
| 80:1-3 | 80:1-2 | 80:1-2 | 80:1-2 | 80:1-2 |
| | 80:3 | 80:3 | 80:3 | 80:3 |
| 80:4-7 | 80:4-6 | 80:4-6 | 80:4-6 | 80:4-6 |
| | 80:7 | 80:7 | 80:7 | 80:7 |
| 80:8-13 | 80:8-11 | 80:8-13 | 80:8-15 | 80:8-9 |
| | | | | 80:10-11 |
| | 80:12-13 | | | 80:12-13 |
| 80:14-19 | 80:14-18 | 80:14-18 | | 80:14-16 |
| | | | 80:16-18 | |
| | | | | 80:17-18 |
| | 80:19 | 80:19 | 80:19 | 80:19 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Pansinin ang iba't-ibang mga pangalan/mga titulo ng pagka-Diyos ng Israel.
   1. Pastor ng Israel, Awit 80:1 (tingnan ang tala sa Awit 23:1)
   2. Oh Diyos (*Elohim*), Awit 80:3

3. PANGINOON (YHWH), Awit 80:4,19
4. Diyos ng mga hukbo, Awit 80:4,7,14,19

Tingnan ang ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos.

B. Mayroong isang pangkong parirala na tumatapos sa maraming mga istropa: Awit 80:1-3, 4-7, 14-19. Ito ay may dalawang MGA PAUTOS at isang PANGPANGKAT. Ito ay isang panalangin para sa kahabagan, kapatawaran, at pagpapanumbalik.

C. Mayroong isang "pang-Mesias" na sanggunian kaugnay sa
1. "suwi" (BDB 488), na maaaring mayroong teolohikong mga kaugnayan sa "Sanga" (BDB 666, cf. Isaias 4:2; 11:1; 53:2; Jeremias 23:5) at sa "ubasan" (BDB 855, cf. Jeremias 33:15; Zacarias 3:8; 6:12)
2. "ang tao ng iyong kanan"
3. "ang anak ng tao na Iyong pinalakas para sa iyong sarili"
4. at kahit na maaaring "Pastor ng Israel," na maaaring magdala ng mga kahulugan sa isang binhi ni David

Ang ibang opsyon ay ang lahat ng paglalarawan ay nauugnay sa pambansang Israel o Judah.

D. Dahil sa pagkakalagay ng Awit na ito (i.e., sa Awit ni Asaph) at Awit 80:12-13 na natuturo sa isang paglusob sa Judah, ang petsa ay maaaring 586 B.C.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 80:1-3**
**1 Dinggin mo, Oh Pastor ng Israel,**
**ikaw na pumapatnubay sa Jose na parang kawan;**
**ikaw na nauupo sa ibabaw ng mga querubin, sumilang ka.**
**2 Sa harap ng Ephraim, ng Benjamin at ng Manases,**
**ay mapukaw nawa ang kapangyarihan mo,**
**at parito kang iligtas mo kami.**
**3 Papanumbalikin mo kami, Oh Diyos;**
**at pasilangin mo ang iyong mukha, at maliligtas kami.**

**80:1-3** Ang istropang ito ay made up ng isang kalipunan ng MGA PAUTOS NG PAKIKIUSAP.
1. dinggin, Awit 80:1 – BDB 24, KB 27, *Hiphil* PAUTOS
2. sumilang, Awit 80:1 – BDB 422, KB 424, *Hiphil* PAUTOS
3. mapukas, Awit 80:2 – BDB 734, KB 802, *Polel* PAUTOS
4. pumarito upang iligtas, Awit 80:2 – BDB 229, KB 246, *Qal* PAUTOS
5. papanumbalikin, Awit 80:3 – BDB 996, KB 1427, *Hiphil* PAUTOS
6. pasilangin, Awit 80:3 – BDB 21, KB 24, *Hiphil* PAUTOS (ito ay maaaring magpakilala ng Aaronikong pagpapala ng Bilang 6:25, tinggan din ang Awit 31:16)
7. maliligtas kami, Awit 80:3 – BDB 446, 448, *Niphal* PANGPANGKAT

**80:1 "Pastor ng Israel"** Ang pariralang ito ay nagpapakilala ng presensiya at mabait na pagkalinga ng Diyos (cf. Genesis 49:24; Awit 23:1-3) at inuugnay din kay David, na tinawag ng Diyos mula sa pag-aalaga ng tupa. Ginagawa nito ang pang-Mesias na pagkabanggit sa Awit 80:15-17 na mas maaari (tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstuwal, C).

Pansinin kung paano ipinakilala ang Diyos.
1. na pumapatnubay kay Jose na parang kawan (si Jose ay binanggit din sa Awit 77:15; 78:67)
2. ikaw na nauupo sa ibabaw ng mga *querubin*. Ito ay isang pagkabanggit sa Exodo 25:22. Si YHWH ay simbolikong tumatahan sa taas ng luklukan ng kahabagan ng arko ng kasunduan

sa pagitan ng dalawang *querubin* (cf. 1 Samuel 4:4; 2 Samuel 6:2; Awit 99:1). Ito ay kung saan nagtatagpo ang langit at lupa sa lugar ng kahabagan at kapahayagan!

For "*querubin*" tingnan ang Natatanging Paksa: *Querubin*.

▣ **"sumilang ka"** Ang pagbibigay-diin na ito sa pagkakasangko ng Diyos sa panlupa, pang-araw-araw na pamumuhay ng Israel ay inilarawan bilang isang liwanag na dumating mula sa ibabaw ng arko. Pansinin ang koro sa Awit (cf. Awit 80:3,7,19) ay may isa pang PAUTOS NA PANDIWA (BDB 21, KB 24) na nangangahulugang liwanag. Ang liwanag sa ANE ay isang simbolo ng kapahayagan, kalusugan, kabutihan. Sa OT, ito ay kadalasang nauugnay sa kaliwanagan ng isang pagpapakita o *theopany* (pisikal na pagpapakita ng Diyos). Pansinin ang Awit 50:2; 94:1, gayundin naman ang *Shekinah* ulap ng kaluwalhatian sa panahon ng exodo at yugto ng paglalagalag sa ilang (i.e., Exodo 13:21-22; 33:9).

ang Diyos ay liwanag – Awit 27:1; Isaias 60:20; Mic. 7:8; Santiago 1:17; 1 Juan 1:5
si Hesus ay liwanag – Isaias 9:2; Juan 1:4; 8:12; 12:35,46
ang mga mananampalataya ay liwanag – Mateo 5:14-16; Juan 8:12b

**80:2** Mayroong ilang katanungan kung bakit ito lamang ang mga binanggit na tribo. Mula sa Bilang 2:18-24, nalalaman natin na sila ay nagkuta ng magkasama sa kanlurang bahagi ng tabernakulo gaya ng kanilang paglalakbay sa ilang.

Sina Ephraim at Manasseh ay mga anak ng Jose. Sina Jose at Benjamin ay mga anak ang pinakamamahal sa asawa ni Jacob, si Rachel.

Ang mga anak ni Jose ay lubusang kinupkop ni Jacob (i.e., labintatlong tribo) at naging pinakamalaking tribo sa panahon ng nagkakaisang kaharian (i.e., Saul, David, Solomon) na naghiwalay noong 922 B.C. Sila ay naging mga pinuno ng hilagang koalisyon na kilala bilang Israel, Samaria, o Ephraim. Ang unang pinuno/hari ay isang manggagawang pinuno ng Ephraim, si Jeroboam I.

Si Benjamin ay naging bahagi ng timog na koalisyon ng Judah kasama ng pinakamaraming mga Levita. Si Simeon ay mas maagang naisama sa Judah, samakatuwid, ito ay isang paraan ng pagtukoy sa lahat ng kasunduang bayan.

**80:3** Ang koro (cf. Awit 80:7,19) ay nagpapakita na ang Awit na ito ay isinulat sa panahon ng pambansang paghihirap. Kung ang Awit 77-80 ni Asaph ay nagmula sa katulad na pangkasaysayang yugto, samakatuwid ito ay maaaring maiugnay sa pagsakop sa Judah ng Babilonya sa ilalim ng Nebuchadnezzar. Siya ay nanakop nang maraming beses (i.e., 605, 597, 586, 582 B.C.), ngunit ito ay maaring sa tingnan na ang awit na ito sa kaugnayan sa pagbagsak ng Israel noong 722 B.C., nang ang Samaria ay nahulog sa tatlong taong pagkubkob ng Asiria. Ang Jewish Study Bible (p. 1372) ay inimumungkahi na ito sa orihinal ay isinulat sa pagbagsak ng Samaria ngunit muling sinulat upang tumukoy sa pagbagsak ng Herusalem dahil sa pagkakalapat at pampariralang kaugnayan sa Awit 79, na maliwanag na 586 B.C.

Dahil ang Awit 80:14 ay gumagamit ng katulad na PAUTOS (BDB 996, KB 1427), ang ilang mga iskolar ay nakikita ito bilang isang karagdagang koro, samakatuwid, ang bawat istropa ay may malapit na pagkakatulad. Gayunman, ang Awit 80:14 ay hindi katulad, kahit na ang katulad na PANDIWA ay isang *Qal* hindi *Hiphil*.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 80:4-7**

**4 Oh Panginoong Diyos ng mga hukbo,**
**hanggang kailan magagalit ka laban sa dalangin ng iyong bayan?**
**5 Iyong pinakain sila ng tinapay na mga luha,**
**at binigyan mo sila ng mga luha upang inumin ng sagana.**
**6 Iyong ginawa kaming kaalitan sa aming mga kalapit bansa:**
**at ang mga kaaway namin ay nagtatawanan.**

> **[7]Ibalik mo kami, Oh Diyos ng mga hukbo;**
> **at pasilangin mo ang iyong mukha at kami ay maliligtas.**

**80:4-7** Ang istropang ito ay isang pagsamo para sa Diyos upang mamagitan sa kapakanan ng Kaniyang bayan.

1. hanggang kailan ka magagalit – ang katanungan sa pagkilos o di-pagkilos ng Diyos ay inuulit na (cf. Awit 74:10; 90:13; 94:3; Kawikaan 1:22)
2. Iyong pinakain sila ng tinapay na mga luha (makapangyarihang paglalarawan, cf. Awit 42:3; 102:9)
3. binigyan mo sila ng mga luha upang inumin ng sagana (sa literal ay "ikatlong bahagi," BDB 1026 I, dito lamang at Isaias 40:12)
4. Iyong ginawa kaming kaalitan sa aming mga kalapit bansa (cf. Awit 44:13; 79:4; Ezekiel 5:14; 22:4; Daniel 9:16)
5. Ginawa mo ito kaya ang mga kaaway namin ay nagtatawanan (sa atin). Ang TEV at NJB ay sinusundan ang LXX, "our mga kaaway mock us."

Ang mga kahihinatnan ng kasunduang pagsuway at pagsamba sa diyus-diyosan ng Israel/ Judah ay ang tiyak na kapaliktaran na ninanais ng Diyos na gawin nila na kaugnay sa kanilang Hentil na mga malalapit na bansa ng ANE. Sila ay dapat na maging isang liwanag (cf. Ezekiel 36:22-23) ngunit naging isang katatawanan (cf. Awit 79:10; 115:2).

> **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 80:8-13**
> **[8]Ikaw ay nagdala ng isang puno ng ubas mula sa Ehipto;**
> **iyong pinalayas ang mga bansa, at itinanim mo yaon.**
> **[9]Ikaw ay naghanda ng dako sa harap niya,**
> **at napailalim ang ugat, at pinuno ang lupain.**
> **[10]Ang mga bundok ay natakpan ng lilim niyaon,**
> **at ang mga sanga niyaon ay gaya ng mga sedro ng Diyos.**
> **[11]Kaniyang pinaabot ang kaniyang mga sanga hanggang sa dagat,**
> **at ang kaniyang mga suwi hanggang sa ilog.**
> **[12]Bakit mo ibinagsak ang kaniyang mga bakod,**
> **na anopa't siya ay binubunot nilang lahat na nangagdadaan?**
> **[13]Sinisira ng baboy-ramo,**
> **at sinasabsab ng mailap na hayop sa parang.**

**80:8-13** Ang istropang ito gumagamit ng ubasan bilang isang talinghaga para sa kasunduang bayan.

1. si YHWH ang nagdala sa kanila palabas ng Ehipto (gaya ng Kaniyang ipinangako saGenesis 15:12-21)
2. si YHWH ang dumaig sa mga Cananeong tribo (i.e., pagsakop ni Josue)
3. si YHWH ang nagtanim sa kanila sa mabuti lupa ng Lupang Ipinangako

Kahit na sa lahat ng mga maka-Diyos na pagpapala, sila ay di-matapat (cf. Nehemiah 9; Awit 78). Kaya ang mga sumpa ng Levitico 26 at Deuteronomio 27-30 ay nagroon ng epekto.

1. ang Kaniyang pagkalinga (i.e., ang pader ng ubasan) ay tinanggal
2. Pinahintulot Niya ang mga mananakop na sakupin ang Canaan (Awit 80:12-13). Habang inaalis ng mga Israelita ang mga makasalanang Cananeo (i.e., Genesis 15:12-21) gayundin ngayon ang makasalanang kasunduang bayan ay tatanggalin.

**80:8 "puno ng ubas"** Ito ay maaaring tumukoy sa lahat ng kasunduang bayan (cf. Isaias 5; Osea 10:1) o isang tiyak na sanggunian sa hilagang kaharian (cf. Genesis 49:22).

**80:11 "dagat. . .ang ilog"** Ito ay tumutukoy sa Mediteraneo patungo sa kanluran at mga punong tubig

sa Ilog Euphrates River sa hilagang-silangan (cf. Exodo 23:31).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 80:14-19**

**14 Bumalik ka uli, isinasamo ko sa iyo, Oh Diyos ng mga hukbo:**
**tumungo ka mula sa langit, at iyong masdan, at dalawin mo ang puno ng ubas na ito,**
**15 At ang ubasan na itinanim ng iyong kanan,**
**at ang suwi na iyong pinalakas para sa iyong sarili.**
**16 Nasunog ng apoy, at naputol:**
**sila ay nalipol sa saway ng iyong mukha.**
**17 Mapatong nawa ang iyong kamay sa tao na iyong kinakanan.**
**Sa anak ng tao na iyong pinalakas sa iyong sarili.**
**18 Sa gayon ay hindi kami magsisitalikod sa iyo:**
**buhayin mo kami, at tatawagan namin ang iyong pangalan.**
**19 Papanumbalikin mo kami, Oh Panginoong Diyos ng mga hukbo;**
**pasilangin mo ang iyong mukha at maliligtas kami.**

**80:14-19** Ang istropang ito ay isang pangwakas na panalangin (3 *Qal* MGA PAUTOS NG PAKIKIUSAP sa Awit 80:14) upang magkaroon si YHWH ng kahabagan sa mga supling ni Abraham.

Ang tunay na katanungan sa pagpapaliwanag ay kung paano nila tinitingnan ang maka-Diyos na pagkilos upang mangyari.

1. ipanumbalik ang isang malakas na bansa (i.e., ang ubasan [BDB 488, dito lamat sa OT] o ubasan ng Awit 80:8,14)
2. isugo ang isang natatanging binhi ni David (Awit 80:15,17)
   a. ang anak na iyong pinalakas o pinatibay (BDB 54)
   b. Mapatong nawa ang iyong kamay sa tao na iyong kinakanan. Sa anak ng tao na iyong pinalakas (BDB 54, kaagapay sa Awit 80:15) sa Iyong sarili (cf. Awit 110:1)

Ito ay maliwanag na ang paglalarawang ito ay maaaring tumukoy sa

1. pambansang Israel/Judah
2. isang Davidikong hari/Mesias (cf. 2 Samuel 7 at mga Aramaikong Targum)

**80:16** Pansinin na ang mga paghihirap ng Israel/Judah ay isang tuwirang bunga ng mga pagkilos ng Diyos, hindi ang kapangyarihan ng mananakop. Ginamit ng Diyos ang mga paganong bansa sa paghatol ng Kaniyang bayan (cf. Habakkuk). Ito ay nakakagulat sa Hudyong bayan. Siya ay lumaban sa kanilang panig (cf. Awit 76:6) ngunit ngayon, Siya ay nasa panig ng mga mananakop (i.e., isang pagbaliktan ng "banal na digmaan" na paglalarawan).

**80:17 "iyong kamay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay.

▣ **"anak ng tao"** Ang pariralang ito ay inuulit sa Ezekiel. Tingnan ang aking komentaryong tala sa ibaba mula sa Ezekiel 2:1.

> **Ezekiel 2:1 "anak ng tao"** Sa literal, ito ay "*ben-Adan*" (BDB 119 KAYARIAN, BDB 9). Ito ay kadalasang ginagamit sa Ezekiel bilang isang paraan sa pagtukoy kay Ezekiel bilang isang taong nilalang (93 beses, cf. Awit 8:4). Sa Ezekiel, ito ang paraan Diyos sa paghahayag kay Ezekiel. Ang katulad nitong pariral ay matatagpuan sa Job at Awit. Sa Daniel 7:13, ang termino ay tumutukoy sa mga maka-Diyos na katangian na inihahalintulad "isang anak ng to" na nanggaling bago pa ang mga Sinaunang Araw (i.e., pagka-Diyos) na nakasakay sa mga ulap ng langit. Ang Daniel 7:13 ay kaligiran para sa paggamit ni Hesus ng terminong ito para sa kanyang sarili, na pinagsasama nag pagkatao at pagka-Diyos (i.e., 1 Juan 4:1-3). Ang parirala ay walang pambansa o panghukbong rabinikong pagkakagamit.

**80:18** Ang talatang ito ay nagtatala ng maraming mga pangako na isinawika ng salmista ngunit sa kapakanan ng ang kasunduang bayan.

1. samakatuwid (i.e., after Diyos turns again sa kanila, cf. Awit 80:14) hindi kami magsisitalikod (i.e., tumalikod, BDB 690, KB 744, *Qal* DI-GANAP) sa Iyo
2. bigyan kami ng buhay/buhayin mo (BDB 310, KB 309, *Piel* DI-GANAP)
3. kung ang Diyos ay gagawa sa kanilang kapakana, sila ay tatawad (BDB 894, KB 1128, *Qal* DI-GANAP) sa Kaniyang pangalan sa templo

Pansinin ang paggamit ng MGA DI-GANAP, na nagpapakilala isang nagpapatuloy na pagkilos.

**80:19** Tingnan ang tala sa Awit 80:3.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Awit bang ito ay tumutukoy sa isang paglusob? Kung gayon, anong pangkasaysayang yugto ang pinakaakma?
2. Ang Awit bang ito ay isinulat patungkol sa Israel o Judah?
3. Itala at ipaliwanag ang iba't-ibang mga termino at mga pagkabanggit sa "liwanag."
4. Bakit ang koro ng Awit 80:3,7,19 ay dinadagdag ang pangalan ng Diyos sa bawat oras?
5. Bakit ay mga bansa ay kadalasang tinutukoy sa mga talinghaga ng halaman?
6. May mga "pang-Mesias" bang pahiwatig sa Awit na ito o silang lahat ay tumutukoy sa bansa bilang isang kabuuan?

# AWIT 81

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kabutihan ng Diyos at Pagkamasuwayin ng Israel<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit; sa Gittith. *Isang Awit* ni Asaph | Isang Pagsamo para sa Pagsisisi ng Israel | Lituhiya para sa Isang Kapistahan | Isang Awit para sa Isang Kapistahan | Para sa Kapistahan ng mga Kanlungan |
| 81:1-5 | 81:1-2 | 81:1-5b | 81:1-5b | 81:1 |
| | | | | 81:2-3 |
| | 81:3-5 | | | |
| | | | | 81:4-5b |
| | | 81:5c-10 | 81:5c-10 | 81:5c-7a |
| 81:6-10 | 81:6-7 | | | |
| | | | | 81:7b-8 |
| | 81:8-10 | | | |
| | | | | 81:9-10 |
| 81:11-16 | 81:11-12 | 81:11-16 | 81:11-16 | 81:11-12 |
| | 81:13-16 | | | 81:13-14 |
| | | | | 81:15-16 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Mayroong maraming pagtatalo sa kung ito ay tumutukoy sa Pista ng mga Balag (tolda) o Paskwa.

B. Ang Targum ay idinagdag ang *Tishri* sa Awit 81:3, na buwan ng Pista ng mga Balag (tolda)

C. Ang Awit na ito maliwanag na tumutukoy sa aexodo at ilang karanasan, kaya kapwa ang Paskwa at Pista ng mga Tolda ay umaakma. Sa akong palagay, ito ang Pista ng mga Tolda o mga Tabernakulo, na nagpapagunita ng mga paglalagalag sa ilang. Ang JPSOA ay sinasabing ito ay tumutukoy sa "Bagong Taon" na liturhiya. Ang kaharipan ay sa Awit 81:4 na tila tumukoy sa dalawang magkaibang petsa (i.e., una ng buwan at gitna ng buwan).

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 81:1-5**

**1 Magsiawit kayo ng malakas sa Diyos na ating kalakasan:**
**mangagkaingay kayo na may kagalakan sa Diyos ni Jacob,**
**2 Magsiawit kayo at dalhin ninyo rito ang pandereta,**
**ang masayang alpa sangpu ng salterio.**
**3 Magsihihip kayo ng trumpeta sa bagong buwan,**
**sa kabilugan ng buwan, sa ating dakilang kapistahan.**
**4 Sapagka't pinakapalatuntunan sa Israel,**
**isang kautusan ng Diyos ni Jacob.**
**5 Kaniyang inilagay na pinakapatotoo sa Jose,**
**nang siya ay lumabas na maglakbay sa lupain ng Ehipto:**
**na aking kinaringgan ng wika na di ko nauunawa.**

**81:1-5** Ang istropang ito ay isang paalala ng salmista sa kasunduang bayan na magalak sa makapangyarihang pagpapalaya ni YHWH sa Israel mula sa pagkakaalipin sa Ehipto.

1. magsiawit ng malakas – BDB 943, KB 1247, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 32:11
2. mangagkaingay na may kagalakan – BDB 929, KB 1206, *Hiphil* PAUTOS
3. magsiawit – BDB 669, KB 724, *Qal* PAUTOS
4. dalhin ang pandereta – BDB 678, KB 733, *Qal* PAUTOS
5. magsiihip ng trumpeta – BDB 1075, KB 1785, *Qal* PAUTOS

Pansinin ang paglalaro ng salita sa pagitan ng #1 at 2; #3 at 4.

**81:1 "sa Diyos na ating kalakasan"** "Kalakasan" (BDB 738) ay kadalasang nauugnay na may "kanlungan" (tingnan ang Natatanging Paksa: Kanlungan) sa paglalarawan sa Diyos (cf. Awit 14:6; 46:1; 62:6-7). Ang pag-asa, kapayapaan, at kagalakan ng mga matatapat na taga-sunod sa Kaniya, hindi sa

1. personal na kagalingan
2. mga pangyayari
3. pisikal na mga kayamanan

**81:3 "ang pandereta"** Ang instrumentong pangmusika (BDB 1074) ay isang maliit hinahawakan, pabilog na kwadro na may inunat sa balat na hayap. Ito ay ginamit kasama ang sumasayaw na babae sa tagumpay sa exodo sa Exodo 15:20 (tingnan din ang Mga Hukom 11:34; 1 Samuel 18:6).

**81:3** Ang talatang ito ay isang pagpapaalala sa pagsamba Diyos sa nararapat na oras at lugar.

1. ang bagong buwan – ang paraan ng Israel sa pagtatanda ng isang bagong buwan (BDB 294, i.e., lubusang madilim, cf. Bilang 10:10; 28:11-15)
2. kabilugan ng buwan (BDB 409, i.e., lubusang liwanag, ang gamit nito ay matatagpuan lamang dito at sa Kawikaan 7:20; ipinapakilala nito ang kalagitnaan ng buwan)
3. dakilang kapistahan (mga tala ng maraming taunang mga kapistahan, cf. Exodo 23 at Levitico 23) Nakakagulat na ang mga Sabbath ay hindi binanggit (cf. 1 Cronica 23:31; 2 Cronica 2:4; Osea 2:11).

**NATATANGING PAKSA: MGA KALENDARYO NG *ANCIENT NEAR EAST***
**(SPECIAL TOPIC: ANCIENT NEAR EASTERN CALENDARS)**

▣**"magsihihip ng trumpeta"** Ang instrumentong ito (BDB 1051) ay binanggit sa Exodo 19:16,19, nang ang Israel ay naghahanda sa kaniyang sarili para sa pagkakaloob ni YHWH ng Kaniyang Kautusan. Muli, ito ay isang pagkabanggit sa karanasan sa exodo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Sungay na Ginamit ng Israel.

**NATATANGING PAKSA: MGA PISTA NG ISRAEL**
**(SPECIAL TOPIC: FEASTS OF ISRAEL)**

**81:4-5 "pinakapalatuntunan. . .kautusan. . .pinakapatotoo"** Ang mga termino ay mga paraan sa pagtatalaga ng mga kapahayagan ni YHWH sa Israel.

1. pinakapalatuntunan – BDB 349
2. ayos – BDB 1048
3. pinakapatotoo – BDB 730

Sa konteksto, ang mga ito ay tila tumukoy sa mga kapahayagan tungkol sa mga pistang araw (cf. Exodo 23; Levitico 23). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

Ang mga kautusang ito ay tila ang pinakabuod ng kung anong kahulugan ng Awit 81:5c.

1. Ang patoto ni Jose sa kaniyang pananampalataya kay YHWH habang siya ay naglalakbay sa Ehipto
2. Ang patoto ni Moises habang kaniyang ibinabahagi ang mga prediksyon ni YHWH sa mga salot
3. ang wika ng mga Ehipsio, na sa orihinal, ay hindi maunawaan ng mga Hebreo
4. ang mga kautusan ni YHWH na tinanggihan ng Israel (cf. Awit 81:8,11,13)
5. ang nakakatakot na boses ng Diyos sa Bundok Sinai (i.e., inuugnay ang Awit 81:5c sa Awit 81:6) na ipinahayag sa Hebreo, na sa panahong yaon, karamihan ng mga Israelita ay hindi na nauunawaan dahil sila ay nagsasalita ng Ehipsio. Kung gayon, ang Awit 81:5c ay mas UNANG PANAUHANG PANGLALAKI NA PANG-ISAHANG MGA PANDIWA, na nagpapakita kay YHWH.

**81:5 "ng wika na di ko nauunawa"** Ito ay isang pampanitikang wikain para sa panahon ng Israel sa Ehipto (cf. Awit 114:1). Ito ay ginamit din sa pagsakop at pagtira sa Canaan ng

1. Asiria – Deuteronomio 28:49
2. Babilonya – Jeremias 5:15

Maraming mga makabagong salin ay nakikita ang Awit 81:5c ay kasama ng 81:6, hindi 81:5b. Kung gayon, ito ay tumutukoy kay YHWH na nagsasalita sa Bundok Sinai (i.e., sa Hebreo o sa kulog). Ang Israel ay natatakot sa makapangyarihang pisikal na pagpapakita ni YHWH sa Bundok Sinai (cf. Exodo 19-20).

Ang nalalabing mga sitas tinala ang pagsasalita ni YHWH (i.e., Awit 81:6-16).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 81:6-10**

**[6]Aking inihiwalay ang kaniyang balikat sa pasan:**
**ang mga kamay niya'y napabitiw sa luwelang.**
**[7]Ikaw ay tumawag sa kabagabagan, at iniligtas kita;**
**sinagot kita sa lihim na dako ng kulog;**
**sinubok kita sa tubig ng Meriba. (Selah)**
**[8]Dinggin mo, Oh bayan ko, at ako ay sasaksi sa iyo:**
**Oh Israel, kung ikaw ay makikinig sa akin!**
**[9]Hindi magkakaroon ng ibang diyos sa iyo;**
**at hindi ka man sasamba sa anomang ibang diyos.**
**[10]Ako ang Panginoon mong Diyos,**
**na naglabas sa iyo mula sa lupain ng Ehipto:**
**bukhin mong maluwang ang iyong bibig, at aking pupunuin.**

**81:6-10** Ang istropang ito ay isang buod ng lahat ng mapagbiyayang mga gawa ni YHWH sa exodo at yugto ng paglalagalag sa ilang. Pansinin lahat ng ang UNANG PANAUHAN P NA PANGLALAKI NA PANG-ISAHAN MGA PANDIWA! Si YHWH ay tuwirang nagpapahayag sa Kaniyang bayan.

1. Aking inihiwalay (sa literal ay "tinanggal"), Awit 81:6 – BDB 693, KB 747, *Hiphil* GANAP
2. Aking iniligtas (sa literal ay "pinalaya"), Awit 81:7 – BDB 322, KB 321, *Piel* DI-GANAP na may *waw*
3. Aking sinagot, Awit 81:7 – BDB 772, KB 851, *Qal* DI-GANAP
4. Aking sinubok, Awit 81:7 – BDB 103, KB 119, *Qal* DI-GANAP
5. Ako ay nagpaalala, Awit 81:8 – BDB 729, KB 795, *Hiphil* PANGPANGKAT
6. Ako ang Panginoon mong Diyos, Awit 81:10 – kasunduang wika
7. Aking pupunuin, Awit 81:10 – BDB 569, KB 583, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan

Pansinin din

8. aking pinasunod sa, Awit 81:12 – BDB 1018, KB 1511, *Piel* DI-GANAP na may *waw* (cf. taga-Roma 1:24,26,28)
9. Aking pasusukuing madali, Awit 81:14
10. Papakainin Ko kayo, Awit 81:16 – BDB 37, KB 46, *Hiphil* DI-GANAP na may *waw*
11. Bubusugin Ko kayo, Awit 81:16 – BDB 959, KB 1302, *Hiphil* DI-GANAP

Si YHWH ay nagsasalita mula sa Awit 81:6 hanggang 16 sa pamamagitan ng isang saserdote o propeta.

**81:6** Ang talatang ito ay tumutukoy sa sapilitang paggawa ng mga Hebreong alipin (i.e., Exodo 1:8-14).

**81:7 "Ikaw ay tumawag sa kabagabagan, at iniligtas kita"** Ito ay isang pagkabanggit sa pakikipag-usap ni YHWH sa Moises sa Exodo 3:7-10.

▣ **"sinagot kita sa lihim na dako ng kulog"** Ito ay tila pagkabanggit sa karanasan ng Israel sa Bundok Sinai (cf. Exodo 19:19; 20:18).

▣ **"sinubok kita sa tubig ng Meriba"** Ito ay tumutukoy sa ang mga karanasan ng Israelita na nakatala sa Exodo 17:6-7 at Bilang 20:13. Ang AB (pp. 265-266) ay nakikita ang hanay bilang "bagaman ikaw ang nag-udyok sa akin" (cf. Exodo 17:7; Bilang 14:22; 20:24; 27:14; Deuteronomio 33:8; Awit 93:8-9). Bawat mga teksto ay nagpapahayag na ang Israel ay sinubukan ang Diyos, hindi ang Diyos ang sumubok sa Israel.

Deuteronomio 33:8 ay tila tinataguyod ang MT ng Awit 81:7c bilang Diyos na sumusubok sa mga Israelita.

▣**"Selah"** Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2.

**81:8 "Dinggin"** Ito ay isang *Qal* PAUTOS! Ito ay nagsimula sa isang kalipunan ng mga sanggunian sa kakulangan ng Israel sa nararamat sa pagtugon sa kapahayagan ni YHWH (cf. Nehemiah 9:34).

1. kung ikaw ay makikinig sa akin – Awit 81:8
2. Ngunit hindi nakinig ang bayan ko – Awit 81:11
3. hindi ako sinunod ng Israel – Awit 81:11
4. Oh kung ako ay didinggin ng aking bayan – Awit 81:13

Si Derek Kidner, sa Tyndale Commentary kalipunan (p. 326), ay iniisip na "Pakinggan, Oh Aking bayan" ay isang pagkabanggit sa *Shema* na panalangin ng Deuteronomio 6:4-6. Ito ay maaari!

**81:9** Ang Israel ay inutusan na huwag gagawa o sasamba sa mga dayuhang diyus-diyosan (cf. Exodo 20:3,23). Ang mga Israelita ay napapalapit sa pagpapayabong na mga diyus-diyosan ng Canaan. Ang natatangi sa Israel sa ANE ay kaniyang monoteismo, na nagpapahintulot ng walang katunggali!

Ang Jewish Study Bible (p. 1374) ay nagpapahayag na ang Awit 81:9-10 ay isang pagkabanggit sa Exodo 20:1-2; Deuteronomio 5:6, ngunit sa paliktad na ayos.

**81:10** Ito ay tumutukoy sa pagtustos ni YHWH ng pagkain at tubig sa yugto ng paglalagalag sa ilang.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 81:11-16**

**11 Nguni't hindi nakinig sa aking tinig ang bayan ko;**
**at hindi ako sinunod ng Israel.**
**12 Sa gayon ay aking pinasunod sa pagmamatigas ng kanilang puso,**
**upang sila ay makalakad sa kanilang sariling mga payo.**
**13 Oh kung ako ay didinggin ng aking bayan,**
**kung ang Israel ay lalakad sa aking mga daan!**
**14 Aking pasusukuing madali ang kanilang mga kaaway,**
**at ibabalik ko ang aking kamay laban sa kanilang mga kaaway.**
**15 Ang mga mapagtanim sa Panginoon ay magsisisuko sa kaniya:**
**ngunit ang kanilang panahon ay mananatili kailan man,**
**16 Kaniya ring pakakanin sila ng katabaan ng trigo:**
**at ng pulot na mula sa bato ay bubusugin kita.**

**81:11-16** Ang istropang ito ay pinag-iiba ang ginawa ng Israel did sa ninanais ni YHWH para sa kanila.

1. ang kasaysayan ng paghihimagsik ng Israel (cf. Awit 78:17,40)
   a. hindi nakinig
   b. hindi sinunod
   c. may mag matigas na puso
   d. makalakad sa kanilang sariling mga payo
2. ang reaksyon ni YHWH
   a. kahatulan
      (1) pinasunod sila (cf. Awit 78:29; Isaias 6:9-10; taga-Roma 1:24,26,28) sa pagmamatigas na kanilag puso, Awit 81:12
      (2) pinasunod sila na magsilakad sa kanilang sariling mga payo, Awit 81:12
      (3) silang nagpapangap sa pagsunod ay magdurusa ng walang-hanggan pagkakawala, Awit 81:15
   b. Kaniyang naisin
      (1) na sila ay makinig sa Kaniya, Awit 81:13
      (2) sa sila ay lumakad sa Kaniyang mga paraan, Awit 81:13
   c. Kaniyang mga pagpapala

(1) gapiin ang kanilang mga kaaway, Awit 81:14
(2) ibabalik ang Kaniyan kamay laban sa kanilang mga kaaway, Awit 81:14
(3) pakainin sila
    (a) ang pinakapinong trigo (cf. Deuteronomio 32:14)
    (b) pukyutan mula sa bato (i.e., ang pinakamainam na pagkain ng lupain, cf. Deuteronomio 32:13)
(4) bigyang kasiyaha sila

# AWIT 82

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagsaway sa Kawalang Katarungan<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni Asaph | Pagsamo sa Katarungan | Ang Liturhiya ng Kahatulan ng Diyos sa mga Paganong Diyus-diyosan | Diyos ang Kataas-taasang Pinuno | Laban sa Hukom ng mga Bansa |
| 82:1-4 | 82:1-4 | 82:1-4 | 82:1-4 | 82:1 |
| | | | | 82:2-3 |
| | | | | 82:4 |
| 82:5-8 | 82:5 | 82:5 | 82:5-7 | 82:5-7 |
| | 82:6-7 | 82:6-7 | | |
| | 82:8 | 82:8 | 82:8 | 82:8 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang totoong katanungan tungkol sa Awit na ito ay "kanino ito sinasabi"?
   1. sa mga hukom ng Israel (*Elohim* ginamit ng mga hukom ng Israel, Exodo 21:6; 22:8-9; tingnan din ang mga targum at maaaring Awit 58:1)
   2. paganong mga hukom (NRSV at NJB na pagbasa na maaaring binanggit sa Awit 81:8) o paganong mga hari (NASB Study Bible, p. 825)
   3. paganong mga diyus-diyosan (NET Bible, p. 953; AB, p. 268, gamit ang Ezekiel 28:1-10 bilang pagkakaagapay; at NIDOTTE, vol. 4, p. 216)
   4. pambansang mga anghel (cf. Deuteronomio 4:19; 32:8, mga anghel ng mga bansa, cf. Daniel 10:13)
   5. mga anghel ng konseho ng langit (i.e., "mga anak ni *Elohim*, cf. Awit 8:5; 95:3; 96:4; 97:7; 138:1; Job 1:6; 38:7

B. Ang mga kahatulan ng *Elohim* (i.e., ang One) ay pinag-iba sa mga kahatulan ng *elohim* (i.e., mga hukom o mga anghel). Awit 82:7 ay hinihingi ang pagiging anghel!

C. Si Hesus ay ginamit ng Awit na ito sa Juan 10:31-38, kung saan nakikita Niya ito na tumutukoy sa mga taong hukom. Sa aking palagay, si Hesus ay sinisipi ang Awit 82 ngunit binabanggit ang Exodo 21:6; 22:8-9. Ang kaniyang punto ay ang "*elohim*" ay maaaring gamitin sa maraming kaunawaan!

Ang NASB Study Bible ay nagpapahayag na si Hesus ay gumagamit ng isang rabinikong pagpapaliwanag upang lituhin ang mga sakdal laban sa Kaniya (p. 825).

D. Ito ay tila paglalarawan ng isang Cananeong panteon, na isinasama ang isang maka-anghel ang kapulungan, na ginagamit upang ihayag ni YHWH ang Kaniyang

1. moral nag katangian
2. pangkalahatang pamumuno

Ang OT ay kadalasang gumagamit ng paglalarawan mula sa ANE upang ipahayag ang katotohanan na hindi pinapagtibay ang katotohanan ng paganong mitolohiya (i.e., [1] tinalo ang chaos, mga dambuhala ng tubig, [2] puno ng buhay; [3] mga pagkilos at mga titulo ni *Ba'al*, etc.). Ang paglalarawan ay nagpapahayag ng katotohanan sa mga paraan na ang nalugmok na sangkatauhan ay mauunawaan ang sentrong mga katotohanan! Si YHWH ay ay lalong mas higit kaysa kung ano ang mailalarawan sa diwa ng tao at ang pagkahiwalay sa Kaniya ay lubhang malala!

Ito ay napakahirap malaman kung ano ang paglalarawan sa ANE at kung ano ang biblikal, doktrinal na katotohanan. Ang mga kanluranin ay may pagkiling na maging literal datapuwat ang Bibliya ay may pampanitikang katangian. Ang literal ay hindi palaging sapat o wasto sa paghahatid ng orihinal na layon ng may-akda.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 82:1-4**
**1 Ang Diyos ay tumatayo sa kapisanan;**
**siya ay humahatol sa gitna ng mga pinuno.**
**2 Hanggang kailan magsisihatol kayo ng kalikuan,**
**at magsisigalang sa mga pagkatao ng masama? (Selah)**
**3 Hatulan mo ang dukha at ulila:**
**gawan mo ng kaganapan ang napipighati at walang nagkakandili.**
**4 Sagipin mo ang dukha at mapagkailangan:**
**iligtas ninyo sila sa kamay ng masama,**

**82:1 "Diyos"** Ito ang titulo *Elohim* (BDB 43, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos). Ito ay ginamit ng dalawang beses sa talatang ito at muli sa Awit 82:6 at 8.

Ang pangkalahatang termino na *El* (BDB 42) ang karaniwang pangalan para sa pagka-Diyos sa ANE.

▣ **"ay tumatayo"** Dito, ang terminong ito (BDB 662, KB 714, *Niphal* PANDIWARI) ay ginamit sa *Elohim* (ang Isa, gamit ang PANG-ISAHAN NA PANDIWARI) na kumukuha ng makapangyarihang position (katulad na terminong ginamit sa kaunawaan ng "pamumuno" sa 1 Samuel 19:20) sa "kapulungan ni *El*." Ito ay tumutukoy sa maka-langit na konseho (cf. 1 Mga Hari 22:19; 2 Cronica 18:18; Job 1:6; 2:1), na maaaring binubuo ng

1. mga sumsambang anghel
2. mga pambansang anghel, Deuteronomio 32:8; Awit 89:5-8; Isaias 6:1; 24:19
3. mga lingkod na anghel, Job 38:7; Daniel 7:9-10

**82:2-4** ang mga talatang ito ay nagpapakilala ng inihayag na kalooban ni YHWH sa Pentateuch (i.e., Genesis – Deuteronomio). Si YHWH ang tagapagsalita sa Awit 82:2-4.

1. magsisigalang sa mga pagkatao ng masama (cf. Levitico 19:15; Deuteronomio 1:17; 16:19; ito ang dahilan kung bakit humahatol si YHWH na walang pagkiling, Deuteronomio 10:17)
2. hatulan ang dukha – BDB 1047, KB 1622, *Qal* PAUTOS
3. hatulan ang ulila (pahiwatig na PAUTOS mula sa #2, cf. Deuteronomio 24:17)
4. gawan ng kaganapan ang napipighati – BDB 842, KB 1003, *Hiphil* PAUTOS
5. gawan ng kaganapan ang walang kandili – pahiwatig na PAUTOS mula sa #4
6. sagipin ang dukha – BDB 812, KB 930, *Piel* PAUTOS
7. sagipin ang nangangailangan – pahiwatig na PAUTOS mula sa #6
8. iligtas sila sa kamay ng masama (nakaugnay pabalik sa Awit 82:2b) – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS

Ang mga taong hukom, kahit na ang mga hukom ng Israel, ay kumilos nang may kinikilingan sa kanilang mga kahatulan. Tila sila ay naimpluwesiyahan ng mga maka-anghel na paghihimagsik at pagbagsak. Ang Awit 82:5-7 ay tumutukoy sa di-nararapat na mga pagkilos ng anghel at kahatulan ng Diyos sa kanila (cf. Awit 82:7a).

**82:2** Mayroong isang maliwanag pagkakaiba sa katayuan sa pagitan ng *Elohim* (i.e., ang isang tunay na Diyos) at ang PANGMARAMIHANG *elohim* (i.e., ang maka-anghel na konseho). Ito ay nagpapahiwatig na ang mga pambansang ay ipinagsawalang-bahala din ang mga kasunduang kapahayagan ni YHWH sa Israel, lalo na sa walang lakas at nagangailangan sa lipunan. Iniibig ng Diyos ang mga taong nilalang na nilikha sa Kaniyang larawan, lahat ng mga taong nilalang!

▣ **"magsisigalang sa mga pagkatao"** Ang PANDIWA na ito (BDB 669, KB 724, *Qal* DI-GANAP) sa literal ay "itingala ang mukha." Ito ay isang paraan na makita kung nakikilala mo ang isang tao at tanggapin sila (cf. Genesis 32:20; Job 42:8-9). Gayunman, para sa isang hukom, ito ay naging isang pagkilos na nagpapakita ng pagkiling o pagtatangi at pinarusahan (cf. Deuteronomio 1:17; 16:19; Levitico 19:15; Job 13:8; 32:21; 34:19; Kawikaan 17:15; 18:5; 24:23; 28:21).

▣ **"Selah"** Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 82:5-8**

**5 Hindi nila nalalaman, ni nauunawa man;**
**sila ay nagsisilakad na paroo't parito sa kadiliman:**
**lahat ng patibayan ng lupa ay nangakilos.**
**6 Aking sinabi, Kayo'y mga diyos,**
**at kayong lahat ay mga anak ng Kataastaasan.**
**7 Gayon man ay mangamamatay kayong parang mga tao,**
**at mangabubuwal na parang isa sa mga pangulo.**
**8 Bumangon ka, O Diyos, hatulan mo ang lupa:**
**sapagkat iyong mamanahin ang lahat ng mga bansa.**

**82:5-8** Ang istropang ito ay hindi tumukoy sa mga tao ngunit dapat na tumukoy sa mga anghel.

1. "lahat ng patibayan ng lupa ay nangakilos"
2. kay ay mga diyos (i.e., *elohim*)
3. mga anak ng Kataastaasan (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Mga Anak ng Diyos [Genesis 6])
4. nangamamatay kayong parang tao
5. mangabubuwal na parang isa sa mga pangulo ("pangulo" ay ginamit ng mga pambansang anghel sa Daniel 10:5,20; ngunit sa mga tao sa Isaias 3:13-14)

6. hatulan ang lupa. . .mamanahin ang lahat ng mga bansa

**82:5** Silang binabanggit ng Awit ay ipinakilala bilang

1. hindi nila nalalaman
2. hindi nila nauunawaan
3. lumalakad sila sa kadiliman

Ang mga ito, tulad ng Awit 82:2-4, ay tumutukoy sa mga Israelita. Ito ay dahilin kung bakit ang ilang tagapagpaliwanag ay kinukuha ang "*elohim*" sa Awit 82:1b at 6a na tumutukoy sa mga taong hukom (cf. Exodo 21:6; 22:8-9). Sa aking palagay, ang katibayan na ng Awit sa kabuuan ay nagtuturo sa sa mga pambansang anghel.

Kung ang Awit 82:2-4 ay nagpapakita na si YHWH ang nagsasalita, sino ang nagsasalita sa Awit 82:5-7? Ito ay dapat na sa salmista mismo ang unang mga salita ng Awit 82:6, 7, at 8 bilang isang kabuuan, ay tila hinihingi. Gayunman, ito ay dapat na tanggapin na sila ay maaari ding magpakilala ng mga salita ni YHWH sa Kaniyang sarili (UBS *Handbook*, p. 730).

▣ **"sila ay nagsisilakad na paroo't parito sa kadiliman"** Ang PANDIWA na "nagsilakad" (BDB 229, KB 246, *Hithpael* DI-GANAP) ay nagpapakilala ng pakilos sa pamumuhay.

Ang "kadiliman" ay isang talinghaga para sa masama o pagtanggi sa kapahayagan ng Diyos. Ang konsepto ay nahayag sa maraming mga wikain.

1. mga paraan ng kadiliman – Kawikaan 2:13; 4:19; Isaias 9:2; 50:10; Juan 3:19-20
2. mga gawa ng kadiliman – Job 24:13-17; Jeremias 23:12
3. nangangapa sa kadiliman – Deuteronomio 28:29; Job 5:14; 12:25; Isaias 59:9-10
4. pagtawag sa kadiliman na liwanag – Job 17:12; Isaias 5:20

Sa espiritu, ang kinukusang pagkabulag ay isang kakila-kilabot na bagay. Kapwa ang mga anghel at mga tao ay may-layon na hindi makakita (cf. Isaias 24:21)! Tinanggal nila ang kanilang sariling espiritwal na mga mata!

▣ **"lahat ng patibayan ng lupa ay nangakilos"** Ito ay maaaring makuha sa dalawang kaunawaan.

1. ang pang-moral mga saligan, cf. Awit 11:3; Isaias 24:7-13, esp. Awit 82:18
2. ang pisikal na mga saligan, cf. Awit 93:1; 96:10; 104:5

**82:6 "mga anak ng Kataastaasan"** Tingnan ang ang Natatanging Paksa: Ang Mga Anak ng Diyos, kung saan aking tinatalakay ang parirala sa Genesis 6. Sa aking palagay, ito ay tumutukoy rin sa mga anghel dito.

Para sa "Kataastaasan" tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos.

**82:7 "mangabubuwal"** Ang AB ay nagpapahayag na ito ay tumutukoy sa pagbagsak sa *Sheol* at gumagamit ng Isaias 14:12-15 at Ezekiel 28:1-10 bilang mga halimbawa (p. 270). Muli, pansinin ang pagkalito sa pagitan ng isang anghel (i.e., Satanas) at mga tao (i.e., hari ng Babilonya at hari ng Tiro). Mayroong hiwaga dito! Ang OT ay gumagamit ng paglalarawan, paghahambing, at mga wikain sa mga paraan na mga makabago ay hindi lubusang maunawaan. Sa ANE, walang paghahati sa pagitan ng espiritwal na mundo at ang pisikal na mundo.

**82:8** Ang dalawang *Qal* MGA PAUTOS ("arise" at "judge") ay mayroong isang pangkalahatang pagtuon. Ang Diyos ay hindi lamang manlilikha ngunit hukom din. Siya ay naghahari sa lahat ng nilalang (cf. Awit 2:8; Pahayag 11:15).

Gaya ng pagganap ni Hesus bilang kinatawan ni YHWH paglalang (cf. Juan 1:3,10; taga-Roma 11:36; 1 taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:16; Hebreo 1:2), Siya rin ang kinatawan ni YHWH sa kahatulan (cf. Juan 5:22-23,27; 9:39; Mga Gawa 10:42; 17:31; 2 Timoteo 4:1; 1 Pedro 4:5).

Ang huling PANDIWA ay isang *Qal* DI-GANAP, hindi isang *Qal* PAUTOS. Ito ay nagpapahayag na si YHWH ay nagtataglay, hindi dapat magtaglay. Ito ay isang pahayag ng katotohanan!

Kung ang ang maka-anghel na pagpapaliwanag ay totoo (at may ilang pagduruda dahil sa paggamit ni Hesus sa Juan 10), samakatuwid ang salmista ay nananalangin kay YHWH na gapiin ang mga paganong diyus-diyosan o pambansang mga anghel at itatag ang Kaniyang matuwid na sistema sa lahat ng mundo na sa orihinal na ninais Niya sa Eden (bago ang Pagbagsak, ang baha at/o ang tore ng Babel). Isang araw ito ay matutupad (cf. 1 taga-Corinto 15:24-28)!

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ipaliwanag ang konsepto ng isang konseho sa langit. Ito ba ay binubuo ng matuwid o masasamang mga anghel?
2. Ipaliwanag ang dalawang magkaibang pagkakagamit ng "*elohim*."
3. Itala ang mga sangkap ng Awit na ito nagtuturo patungo sa "mga tao" at sa kanilang nagtuturo sa "mga anghel."
4. Ano ang ibig-sabihin kapag sinabi nating ang Diyos ay lumikha ng isang moral na sanlibutan?
5. Ang salmista at Hesus ba ay gumagamit ng Awit 82:6 sa katulad na paraan?
6. Sino ay "ang mga pangulo" ng Awit 82:7?
7. Ipaliwanag kung paano umaakma ang pangkalahatang layunin ng Awit 82:8 sa natitirang bahagi ng Awit.
8. Ang Banal na Kasulatan ba ay gumagamit ng paglalarawan at mitolohiya ng ANE?

# AWIT 83

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Namamanhik ang Diyos na Lituhin ng Kanyang Kaaway<br><u>Panimula sa MT</u><br>Isang Awit, *Isang Awit* ni Asaph | Panalangin upang Hadlangan ang Pagsasabwatan laban sa Israel | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa mga Pamban-sang Kaaway | Panalangin para sa Pagka-talo ng mga Kaaway ng Israel | Laban sa mga Kaaway ng Israel |
| 83:1-8 | 83:1-4 | 83:1-8 | 83:1-4 | 83:1-2 |
| | | | | 83:3-4 |
| | 83:5-8 | | 83:5-8 | 83:5-8 |
| 83:9-12 | 83:9-12 | 83:9-12 | 83:9-12 | 83:9-12 |
| 83:13-18 | 83:13-18 | 8:13-18 | 83:13-18 | 83:13-18 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Si YHWH ay napakalapit na ugnayan sa Kaniyang kasunduang bayan. Ang pagpaplano at pagpapakana ng nakapalibot na mga basa sa ANE na lumusob sa Israel, ay isang plano ng pag-atake sa Kaniya (cf. Awit 83:5 at note Awit 83:12).

B. Maraming mga bansa at mga pangkat ng tao ang nabanggit.
   1. Edom
   2. mga Ismaelita
   3. Moab
   4. mga Agareno
   5. Gebal
   6. Ammon
   7. Amalek
   8. Filisteo
   9. Tiro (i.e., Phoenicia)

10. Asiria
11. Madianita (Bilang 11-14 tumukoy sa mga pangyayari sa nakalipas ng Israel kung saan tinulungan sila ni YHWH)
12. Sisara at Jabin
13. Oreb at Zeeb
14. Zebah at Zalmunna

C. Ang Awit na ito ng panalangin (5 MGA PAUTOS) para sa ang pagkawasak ng mga kaaway ng Israel ay ipinakilala sa isang malaking bilang ng MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan.
   1. Awit 83:1 – dalawa ang naihayag ngunit tatlo ang pahiwatig
   2. Awit 83:15-18 – anim (maaaring walo sa Awit 83:15)

D. Ang Awit na ito gumagamit ng maraming pangalan para sa pagka-Diyos.
   1. Diyos, Awit 83:1a, 12b – *Elohim* (BDB 43)
   2. Diyos, Awit 83:16 – *El* (BDB 42)
   3. Diyos, Awit 83:13a – *Eloah* (BDB 43)
   4. Panginoon, Awit 83:16b, 18a – YHWH (BDB 217)
   5. Kataastaasan, Awit 83:18b – *Elyon* (BDB 751)

   Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos

E. Ang Awit na ito ay may isang malakas na
   1. pang-ebanghelyong layunin (i.e., Awit 83:16b, 18)
   2. pangkalahatang pagtuon (Awit 83:18b)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 83:1-8**

**1 Oh Diyos, huwag kang tumahimik:**
**huwag kang mapayapa, at tumiwasay, Oh Diyos.**
**2 Sapagka't narito, ang mga kaaway mo ay nanggugulo:**
**at silang nangagtatanim sa iyo ay nangagtaas ng ulo.**
**3 Sila'y nagsisitanggap ng payong may katusuhan laban sa iyong bayan,**
**at nangagsanggunian laban sa iyong nangakakubli.**
**4 Kanilang sinabi, Kayo'y parito, at atin silang ihiwalay sa pagkabansa;**
**upang ang pangalan ng Israel ay huwag nang maalaala pa.**
**5 Sapagka't sila ay nangagsangguniang magkakasama na may isang pagkakaayon;**
**laban sa iyo ay nangagtitipanan:**
**6 Ang mga tolda ng Edom at ng mga Ismaelita;**
**ang Moab at ang mga Agareno;**
**7 Ang Gebal, at ang Ammon, at ang Amalec;**
**ang Filisteo na kasama ng mga taga Tiro:**
**8 Pati ng Asiria ay nalalakip sa kanila;**
**kanilang tinulungan ang mga anak ni Lot.**

**83:1-8** Ang istropang ito ay naglalarawan ng mga di-nararapat na mga gawain ng mga nakapalibot na bansa. Ang salmista na humihiling na kumilos ang Diyos sa kapakanan ng Israel.
1. huwag tumahimik – BDB 198, walang PANDIWA ngunit kaagapay sa #2, #3
2. huwag mapayapa – BDB 361, KB 357, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 28:1; 35:22; 50:3; 109:1
3. huwag tumiwasak (i.e., di-aktibo) – BDB 1052, KB 1641, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang

PANGKAUTUSAN na kaunawaan

Ang katotohanan na ang mga nakapalibot na bansa ay nagplano at ginaganap ang kanilang pagsalakay (Awit 83:2-8) ay nagdulot sa kasunduang bayan na magtaka sa tila kawalang-pagkilos ni YHWH.

Pansinin ang pagkilos ng ang nakapalibot na mga bansa.

1. gumagawa ng gulo – BDB 242, KB 250, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 46:6 at lubhang katulad ng Awit 2:1-2
2. nangagtaas ng ulo (sa literal, itinaas ang kanilang mga uto) – BDB 669, KB 724, *Qal* GANAP, cf. Mga Hukom 8:28; Zacarias 1:21
3. gumawa ng mga planong may katusuhan – BDB 791, KB 886, *Hiphil* DI-GANAP, dito lamang sa *Hiphil* sa OT
4. nangagsanggunian – BDB 419, KB 421, *Hithpael* DI-GANAP, ginamit sa kaunawaan ng "nagpasiya" sa 2 Cronica 30:23
    a. parito – BDB 229, KB 246, *Qal* PAUTOS
    b. ihiwalay – BDB 470, KB 469, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan, cf. Awit 74:8
    c. upang ang pangalan ng Israel ay huwag nang maalaala pa – BDB 269, KB 269, *Niphal* DI-GANAP, na isang wikain para sa lubusang pagkawasak at kamatayan

Ang pangwakas sa talang ito ay inihayag sa Awit 83:5. Isang pag-atake sa Israel ay isang pag-atake kay YHWH, cf. Awit 83:2; Awit 2:2; 74:18,23.

**83:3 "iyong bayan. . .iyong nangakakubli"** Ang pangalawang pangungusap (BDB 860, KB 1049, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI) ay may dalawang maaring mga kahulugan sa BDB.

1. iningatan (JPSOA), cf. Exodo 19:5; Deuteronomio 7:6; 14:2; 26:18
2. ikinubli ng Diyos, cf. Awit 27:5; 31:21

Ang NKJV ay may "mga kinanlong" (#2), habang ang NJB ay may "silang iyong minahal" (#1).

**83:4b "ang pangalan ng Israel"** Ito ay isang paraan ng pagtukoy sa bansa (cf. Awit 83:4a).

Para sa kahulugan ng pangalang "Israel" tingnan ang Natatanging Paksa: Israel (ang Pangalan).

**83:5 "kasunduan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan.

**83:6 "mga tolda ng. . ."** Ito ay isang pangwikaing anakronismo noong ang Israel ay namumuha pa sa "mg tolda," ngunit sa yugtong ito karamihang sa kanila ay namumuhay sa mga lungsod at mga nayon na mayroong mga pirmihang bahay.

Ang ibang posibilidad ay pangwikaing ito para sa mga bansa (cf. Awit 74:51; 120:5).

Ang AB (p. 274) ay binabanggit isang kaputol ng balumbon na matatagpuan sa Masada na may "mga diyus-diyosan ng Edom. . ." Ito ay umaakmang mainam sa paglalarawan ng "pagtulong" sa Awit 83:8. Ito rin ay mainan na may kaugnayan sa pambansang mga anghel ng Awit 82. Ang AB ay tinala ang Yigael Yardin, Israel Exploration Journal, 15 (1965), 104, bilang lugar na makikita sa parirala.

▣ **"Edom"**

**NATATANGING PAKSA: EDOM AT ISRAEL**
**(SPECIAL TOPIC: EDOM AT ISRAEL)**

▣ **"mga Ishmaelita"** Ito ay tumutukoy sa mga supling ng Ishmael, ang unang anak na lalaki ni Abraham kay Hagar (cf. Genesis 25:12- 16). Sila ay naging mga tribo sa Arabia.

▣ **"Moab"** Ito ay isa sa dalawang mga bansa na nagmula kay Lot at sa kaniyang mga anak na babae (cf. Genesis 19:30-38, lalo na sa Awit 83:37).

▣ **"mga Agareno"** Ito ay isang tribo mula kay Ishmael na binanggit sa 1 Cronica 5:10,18-22. Ang pangalan ay nagmula kay "Hagar," ang ina ni Ismael na isang Ihipsio. Sila ay ninirahan sa silangan ng Canaan at ilang bahagi ng tribo, mas marami sa timog-silangan.

**83:7 "Gebal"** Ang pangalang ito (BDB 148, KB 174) ay mayroong dalawang posibleng mga sanggunian.

1. mula sa salitang para sa "bundok," na maaaring tumukoy sa isang lugar sa trans-Jordan na malapit sa Petra, samakatuwid, ay kaugnay ng Arabong tribo
2. mula sa ang pangalan ng isang lumang baybaying lungsod Phoenicia at, samakatuwid, ay kaagapay Tiro (Awit 83:7b), na sa huli ay kilala bilang Byblos

▣ **"Ammon"** Tingnan ang mga tala sa Moab, Awit 83:6.

▣ **"Amalec"** Isang nanggaling kay Esau, na naging pinuno sa Edom (cf. Genesis 30:15-16). Sila ay lalong nanging suliranin sa Israel habang nasa yugto ng paglalagalag sa ilang (cf. Exodo 17:8-16; Bilang 24:20; Deuteronomio 25:12-19, pinag-utos ni Saul na wasakin sila (cf. 1 Samuel 15).

▣ **"Filisteo"** Ang mga Filisteo ay tila mga Griyego na mula sa mga pulo ng Aegea. Sila ay tanging pangkat ng bansa sa bahaging ito ng mundo na hindi tuli. Sila ay tila bayarang pwersa na nagtangkang lubusob sa Ehipto sa ikalabindalawang siglo B.C. ngunit ay natalo. Sila samakatuwid ay nanirahan sa timog na baybayin ng Palestina. Sila ay may limang pangunahing lungsod na isinalaysay sa Josue13:3: Gaza, Ashdod, Ashkelon, Gad, at Ekron. Sila ay isang pangunahing panghukbong suliranin noong yugto ng mga hukom at kahit na sa pamumuno nina Saul at David. Ang pangalan "Palestina" ay nagmula sa salitang "Filisteo."

▣ **"Tiro"** Ito ang sikat na pantalan sa Emperyo ng Phoenicia sa hilaga ng Israel. Ang mgas matandang kabisera ay "Sidon" (at maaaring mas matanda dito, Gebal).

▣ **"Asiria"** Ito ay isang pangunahing emperyo ng Tigris/Euphrates. Ito ay naging makapangyarihan noon sa gitna ng 900 B.C. hanggang 609 B.C., nang ang kabisera ng Nineveh ay bumagsak (Nahum). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagsusui sa mga Kapangyarihab ng Mesopotamiya (Asiria, Babilonya, Persia).

Ang pagbanggit ng Asiria at hindi Babilonya ay isang pahiwatig sa petsa kung kailan sinulat ang awit na ito.

**83:8** Ang mga taga-Asiria ay naging isang tulong (sa literal ay "bisig o kamay") para sa mga bansa sa trans-Jordan na nagmula kay Lot at sa kaniyang dalawang anak na babae (cf. Genesis 19:30-38).

1. Moab
2. Ammon

▣ **"Selah"** Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 83:9-12**

**9 Gumawa ka sa kanila ng gaya sa Madianita;**
**gaya kay Sisara, gaya kay Jabin, sa ilog ng Cison:**
**10 Na nangamatay sa Endor;**
**sila ay naging parang dumi sa lupa.**
**11 Gawin mo ang kanilang mga maginoo na gaya ni Oreb at ni Zeeb;**
**Oo, lahat nilang mga pangulo ay gaya ni Zeba at ni Zalmuna;**
**12 Na siyang nagsipagsabi, kunin natin para sa atin na pinakaari**
**ang mga tahanan ng Diyos.**

**83:9-12** Ang istropang ito ay nagpapaalala sa mga pangkasalukuyang Israelita sa presensiya at pagtulong ni YHWH sa nakalipas nang ang mga mananakop ay nagplano na kunin ang lupain ng Israel.

1. gaya sa Madianita – Mga Hukom 7:22
2. Sisara at Jabin – Mga Hukom 4:22-23
3. Oreb at Zeeb – Mga Hukom 7:25
4. Zebah at Zalmunna – Mga Hukom 8:21

**83:10 "parang dumi sa lupa"** Ito ay tumutukoy sa malaking bilang ng mga bangkay pagkatapos ng isang digmaan. Ang tanawin ng di-nararapat na paglibing o pagkain ng mga hayop ay nakakagimbal sa bayan ng ANE bayan (cf. 2 Mga Hari 9:37; Awit 79:2-3; Jeremias 8:2; 22:19; 36:30). Ito ay isang pormula ng panunumpa!

▣ **"Endor"** Ang lugar na ito ay binanggit noong panahon ni Saul ngunit sa ang aklat ng Mga Hukom. Ang NEB ay binago ito sa En-harod, na binanggit sa Mga Hukom 7:1 at umaakmang sa mga pangkasaysayang pagkabanggit ng Awit 83:9-11 (i.e., Mga Hukom 4-8). Ang UBS Text Project (p. 341) ay binibigyaa ang En-dor ng isang "A" na antas at itinatanggi ang pag-aayos. Bagamat hindi binanggit sa pangalan, ito ay pa rin ay pangkalahatang lugar (cf. Josue 17:11).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 83:13-18**

**13Oh Diyos ko, gawin mo silang parang ipoipong alabok;**
**Parang dayami sa harap ng hangin.**
**14Parang apoy na sumusunog ng gubat,**
**at parang liyab na nanunupok ng mga bundok;**
**15Kaya't habulin mo sila ng iyong bagyo,**
**at pangilabutin mo sila ng iyong unos.**
**16Lipusin mo ang kanilang mga mukha ng kahihiyan;**
**upang hanapin nila ang iyong pangalan, Oh Panginoon.**
**17Mangapahiya sila at manganglupaypay magpakailan man;**
**Oo, mangahiya sila at mangalipol:**
**18Upang kanilang maalaman na ikaw lamang, na ang pangalan ay JEHOVA,**
**ay Kataastaasan sa buong lupa.**

**83:13-18** Ang istropang ito ay isang panalangin para kay YHWH sa kumilos sa kahatulan para sa kapakanan ng Israel.

1. gawin sila – BDB 1011, KB 1483, *Qal* PAUTOS
   a. parang ipo-ipong alabok, cf. Isaias 17:13; 29:5; 41:15-16
   b. parang dayami sa harap ng hangin, cf. Isaias 17:13
   c. parang apoy na sumusunog ng gubat
   d. parang liyab na nanunupok ng mga bundok
2. habulin sila – BDB 922, KB 1191, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
3. pangilabutin sila – BDB 96, KB 111, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
4. Lipusin mo ang kanilang mga mukha ng kahihiyan – BDB 569, KB 583, *Piel* PAUTOS
5. nangapahiya sila – BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
6. nangalupaypay sila– BDB 96, KB 111, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
7. nangahiya sila – BDB 344, KB 340, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na

kaunawaan

8. nangalipol sila – BDB 1, KB 2, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

Mayroo pang dalawa na nagpapakita ng ninanais na layunin ng kahatulan, na tulungan ang mga bansa na lumapit sa pagsamba kay YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

1. upang hanapin nila ang Iyong pangalan, O YHWH – BDB134, KB 152, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (Awit 83:16)
2. Upang kanilang maalaman na ikaw lamang ay Kataastaasan sa buong lupa – BDB 393, KB 390, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (Awit 83:17)

**83:17** Pansinin ang pagkakaagapay sa pagitan ng "magpakailan man" at "mangalipol." Ang mga ito ay nagpapakilala ng Awit 83:4, kung saan ang mga bansa ay ninanais ang Israel na malipol!

**83:18 "sa buong lupa"** Ang pangkalahatang sangkap na ito ay karaniwan sa Awit ni Asaph! Ito ang maliwanag na pangangailangan pangwakas sa monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Awit bang ito ay naglalarawan ng isang pangkasaysayang pagsalakay ng isang pagsasanib ng mga bansa o pangkasaysayang paglalarawan?
2. Paano nagpapakilala ang Awit 83:1 ng pagkatakot at kaguluhan ng Israel?
3. Paano maiuugnay ang Awit 83:4-5 sa mas malaking plano ng katubusan ni YHWH? Mayroon bang pagtatangka si Satanas na hadlangan ang gawaing pangkatubusan ng Diyos?

# AWIT 84

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pananabik para sa Pagsamba sa Templo<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit sa Gittith. Isang Awit ng mga anak ni Korah | Ang Pagpapala ng Pananahan sa Tahanan ng Diyos | Mga Anak na Nagpupuri sa Sion bilang Kinakasabikang Layunin ng Paglalakbay | Pananabik sa Tahanan ng Diyos | Mga Anak ng Paglalakbay |
| 84:1-4 | 84:1-2 | 84:1-2 | 84:1-4 | 84:1-2 |
| | 84:3-4 | 84:3-4 | | 84:3 |
| | | | | 84:4-5 |
| 84:5-7 | 84:5-7 | 84:5-7 | 84:5-7 | |
| | | | | 84:6-7 |
| 84:8-12 | 84:8-9 | 84:8-9 | 84:8-9 | 84:8-9 |
| | 84:10-11 | 84:10-12 | 84:10-12 | 84:10 |
| | | | | 84:11 |
| | 84:12 | | | 84:12 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Maraming may ipinagpapalagay na ang Awit na ito ay isinulat ng isang Levita, na, para sa ilang kadahilanan, ay nahiwalay mula sa templo.
   1. dahil sa karamdaman
   2. dahil sa pagpapatapon
   3. dahil ang Hari ay tumakas (cf. Awit 84:9) at siya ay tumakas na kasama niya

B. Sa Awit na ito, pagsasama sa Diyos ng Israel ay kaugnay sa templo.
   1. Iyong mga tabernakulo, Awit 84:1a – BDB 1015, cf. Awit 43:3; 132:5
   2. sa mga looban ni YHWH, Awit 84:2a – BDB 346, cf. Awit 65:4; 84:10; 96:8 100:4; 116:19; 135:2
   3. Iyong mga dambana, Awit 84:3c – BDB 258
   4. Iyong bahay, Awit 84:4a
   5. ang mga daan *sa Sion,* Awit 84:5b, cf. Awit 86:11; 122:1
   6. napakikita sa harap ng Dios sa Sion, Awit 84:7b, cf Awit 42:2; Exodo 34:23; Deuteronomio 16:16
   7. Iyong mga looban, Awit 84:10a, cf. #2
   8. minagaling na maging tagatanod-pinto sa bahay ng akin Diyos (*Eloah*), Awit 84:10b – BDB 706, KB 765, *Hithpoel* PAWATAS NA KAYARIAN (ginamit ng "tanod-pinto" sa 1 Cronica 23:5)

C. Pansinin ang iba't-ibang mga pangalan/mga titulo para sa pagka-Diyos.
   1. Panginoon ng mga hukbo (YHWH *Sabaoth*), Awit 84:1,3,12a
   2. Panoong (YHWH), Awit 84:2a,8a,11b
   3. ang mapagmahal na Diyos (*El*), Awit 84:2b, cf. Deuteronomio 5:26; Awit 42:2
   4. Aking Hari, Awit 84:3d
   5. Aking Diyos (*Elohim*), Awit 84:3d
   6. Diyos (*El* - *Elohim*, sa literal ay "Diyos ng mga diyus-diyosan" o na may isang pagbabago sa mga patinig, "sa harapan ng Diyos"), Awit 84:7b
   7. Diyos (*Elohim*) ng mga hukbo, Awit 84:8a
   8. Diyos (*Eloah*) ni Jacob, Awit 84:8b, cf. Awit 46:7
   9. Diyos (*Elohim*), Awit 84:9a
   10. Aking Diyos (*Eloah*), Awit 84:10b
   11. Panginoong Diyos (YHWH *Elohim*), Awit 84:11a

   Maraming ng ang Awit ng Asaph ay mayroong multiple mga pangalan/mga titulo ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos. Bawat ng these, at kanilang combinations, had mga kahulugan para sa mga Israelita.

D. Ang Awit na ito ay katulad sa maraming mga paraan sa Awit 42. Ang mga anak ni Korah, ay tila isang pamilyang Levitico na mang-aawit, na nagsulat din nito. Ang ama ay si Kohath, ang punong mang-aawit sa ilalim ni David. Sila ang sumulat ng Awit 42-49; 84-85; 87-88.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 84:1-4**

**1 Kay iinam ng iyong mga tabernakulo,**
**Oh Panginoon ng mga hukbo!**
**2 Ang kaluluwa ko'y aasamasam, oo, nanglulupaypay sa mga looban ng Panginoon;**
**ang puso ko't laman ay dumadaing sa buhay na Diyos.**
**3 Oo, ang maya ay nakasumpong ng bahay,**
**at ang langaylangayan ay nagpugad para sa kaniya,**
**na mapaglalapagan niya ng kaniyang inakay,**
**sa makatuwid baga'y iyong mga dambana,**
**Oh Panginoon ng mga hukbo, Hari ko, at Diyos ko.**
**4 Mapalad silang nagsisitahan sa iyong bahay:**
**kanilang pupurihin kang palagi. (Selah)**

**84:1 "iinam"** Ang PANG-URI sa literal ay "minamahal" (BDB 391). Ang Herusalem, ang lungsod ng ang Dakilang Diyos, ay napakaganda, ngunit mas higit pa, ito ay "minamahal," ay Israel (cf. Awit 127:2).

▣ **"Iyong mga tabernakulo"** Ito ay pagkakaagapay sa patulang ugnayan sa Awit 84:2. Samakatuwid, ito ay dapat tumukoy sa mga looban ng templo sa Herusalem (cf. Awit 43:3; 46:4), kung saan pinili ng Diyos sa Kaniyang sarili na mananahan (cf. Deuteronomio 12:5,11,14,18,21, 26; 14:23-25; 15:20; 16:2,6,11,15; 17:8,10; 18:6; 26:2; 31:11).

**84:2** Ang talatang ito ay may tatlong MGA PANDIWA na naglalarawan ng nararamdaman ng salmista patungkol kay YHWH. Ito ay lubhang katulad ng isa pang Awit ni Korah—Awit 42 (tingnan din ang Awit 63).

1. ang kaluluwa ko ay aasam-asam – BDB 493, KB 490, *Niphal* GANAP
2. ang aking kaluluwa ay nanglulupaypay – BDB 477, KB 476, *Qal* GANAP, cf. Awit 119:81
3. aking puso at aking laman ay dumadaming – BDB 943, KB 1247, *Piel* DI-GANAP, cf. Awit 51:14

Ang madamdaming wika ay napaka-makapangyarihan. Ito ay nagpapaalala sa matapat na mga taga-sunod ng kahanga-hangang panig ng pagsasama sa Diyos. Ang tunguhin ay makasama Siya! Para sa mga Israelita, ito ay nauugnay sa templo. Para sa mga mananampalataya sa NT, ito ay nauugnay kay Hesus, ang bagong templo (cf. Juan 2:18-22)!

▣ **"buhay na Diyos"** Ito ay isang paglalaro ng salita sa kahulugan kay YHWH ("Ako ay Ako nga," cf. Exodo 3:14). Ang Diyos ng Israel ang palaging nabubuhay, tanging nabubuhay na Diyos! (cf. Awit 42:2).

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos.

**84:3 "maya"** Ito ay maaaring tumukoy sa dalawang bagay, isang literal at isa simboliko. Ang simboliko ay nangangahulugang ang salmista ay nananabik na mapalapit sa Diyos sa templo—manahan kasama ng Diyos. Ang maliit, walang lakas na ibon ay sumisimbulo sa isang tao. Ang literal ay nangangahulugan na ang mga ibon ay may malayang paglapit sa mga banal na dako ng templo.

▣ **"Hari ko"** Si YHWH ang totoong "hari" ng kasunduang bayan (cf. 1 Samuel 8:7). Ang biblikal na pananampalataya ay hindi isang demokrasiya ngunit isang teokrasiya! Mahusay na inilagay ito ni Hesus sa Lucas 6:46, "Bakit niyo ako tinatawag na, 'Panginoon, Panginoon,' at hindi niyo ginagawa ang sinasabi ko?" Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Kaharian ng Diyos.

**84:4 "Mapalad silang nagsisitahan sa iyong bahay"** Ang Awit na ito ay nakabalangkas sa paligid ng tatlong pagkakagamit ng terminong "mapalad" (BDB 80, Awit 84:4,5,12). Ito talaga ay nangangahulugang "masaya" (cf. Awit 9:1). Ito ay maaaring tumukoy, sa kontekstong ito, sa mga saserdote o sa mga panauhin (cf. Awit 23:6; 27:4-6; 65:4).

▣ **"kanilang pupurihin kang palagi"** Ang pagpuri ay nagpapakilala ng mga toong mga taga-sunod ni YHWH (cf. Awit 42:5,11).

"Palagi" (BDB 728) ay madalas gamitin sa bahaging ito ng Awit (cf. Awit 77P:7; 78:17,30,32; 83:4). Mayroong isang walang-hanggan aspeto sa pagsasama kay YHWH!

▣ **"Selah"** Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 84:5-7**

**5 Mapalad ang tao na ang kalakasan ay nasa iyo;**

**na may mga daan sa kaniyang puso na tungo sa Sion.**
**[6]Na nagdaraan sa libis ng iyak na ginagawa nilang dako ng mga bukal;**
**Oo, tinatakpan ng pagpapala ng maagang ulan.**
**[7]Sila'y nagsisiyaon sa kalakasa't kalakasan,**
**bawa't isa sa kanila ay napakikita sa harap ng Diyos sa Sion.**

▣ **"Mapalad ang tao na…"** Ito ay terminolohiya para sa Karunungang Panitikan. "Pinagpala" (BDB 80) ay ginamit ng 26 beses sa Awit at 8 beses sa Mga Kawikaan. Tingnan ang tala sa Awit 1:1.

▣ **"na may mga daan sa kaniyang puso na tungo *sa Sion*"** Maraming mga tagapagpaliwanag (at BDB) ay ipinapaliwanag ito bilang isang sanggunian sa mga manlalakbay na papunto sa templo. Ang mga lalaking hudyo na lagpas 21 ang edad, na naninirahan malapit at may kakayahan, ay inuutusang dumalo sa taunang mga pista sa templo (i.e., Levitico 23 at Exodo 23).

▣ **"mga daan"** Ang terminong ito (BDB 700) ay may mga kahanga-hangang kahulugan ng pagpapanumbalik, kapwa sa pisikal (i.e., mula sa pagkakatapon) at espirituwal (i.e., darating na natatanging tagapaligtas ni YHWH, Mesias).

Ang susunod ay aking tala mula sa Isaias 19:23.

> **Isaias 19:23** Magkakaroon ng isang malayang-pagdaloy ng pagkilos sa mga bansa para sa ang layuning pagluluwalhati kay YHWH. Ang mga bansa ay dumating na!
> Ito ay nakakawili kung ilang beses ginamit ni Isaias gumagamit ang paglalarawan ng isang daang-bayan.
> 1. isang daang-bayan sa mga ipinatapong Hudyo na bumalik, Isaias 11:16; 57:14
> 2. isang daang-bayan para sa mga mananampalatayang Hentil na dumating, Isaias 19:23
> 3. isang daang-bayan ng kabanalan, Isaias 26:7; 35:8; 43:19; 49:11; 51:10
> 4. isang pang-Mesias na daang-bayan, Isaias 40:3; 42:16

**84:6 "iyak"** Ang termino (BDB 113) ay nangangahulugang "pag-iyak." Ang ilan ay tinatanggap ito sa literal at inaangkop ito sa isang lambak na malapit sa Herusalem (i.e., 2 Samuel 5:22-24). Ang iba ay tinatanggap ito na simboliko bilang mga suliranin na naranasan on isang paglalakbay sa Herusalem o isang pagbalik mula sa pagkakatapon.

▣ **"bukal"** Ang terminong ito (BDB 745), tulad ng "Baca," ay tinatanggap ng ilan bilang isang literal na pook ng tubig at ng iba bilang isang talinghaga ng pagkalinga ng Diyos sa paglalakbay.

▣ **"maagang ulan"** Ang LXX at ang Vulgata ay isinalin ito (BDB 435) bilang "tagapagbigay ng batas" (cf. tala ng NASB at Joel 2:23), na isang pagkabanggit sa Sinaitikong kasunduan ni YHWH (cf. Exodo 19-20). Sa konteksto ito, ito ay tumutukoy sa templo ng Herusalem.

▣ **"pagpapala"** Ang MT ay may "mga pagpapala" (BDB 139), ngunit ang KJV ay may "mga lawa" (BDB 140), kaagapay sa terminong "bukal." Ito kinapapalooban lamang isang pagbabago sa patinig.

**84:7 "kalakasa't kalakasan"** Ang NASB ipinapaliwanag ang mga terminong ito bilang mga panustos para sa paglalakbay. Ito ay maaring sa maisalin ang mga katinig bilang "taas sa taas," na nangangahulugang gulod sa gulod habang ang isa ay lumalapit sa Herusalem. Isa sa aking paboritong tagapagpaliwanag, si Derek Kidner, *Tyndale OT Commentaries*, vol. 116, p. 336, ay sinabi niya ito ay tumutukoy sa kagalakan ng mga manlalakbay habang sila ay paparating sa huling bahagi ng paglalakbay sa templo.

▣ **"*bawa't isa sa kanila* ay napakikita sa harap ng Diyos sa Sion"** Muli, ang NASB at NKJV ay ipinapaliwanag ito bilang isang paglalakbay ng manlalakbay. Ito ay maaring na isalin ang mga katinig bilang "Ang Diyos ng mga diyus-diyosan (sa literal ay *El Elohim*, NRSV) ay makikita sa Sion" (LXX, Peshitta).

| |
|---|
| **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 84:8-12**<br>**8 Oh Panginoong Diyos ng mga hukbo, dinggin mo ang aking dalangin:**<br>**pakinggan mo, Oh Diyos ni Jacob. (Selah)**<br>**9 Masdan mo, Oh Diyos na aming kalasag,**<br>**at tingnan mo ang mukha ng iyong pinahiran ng langis.**<br>**10 Sapagka't isang araw sa iyong mga looban ay mabuti kay sa isang libo.**<br>**Aking minagaling na maging tagatanod-pinto sa bahay ng aking Diyos,**<br>**kay sa tumahan sa mga tolda ng kasamaan.**<br>**11 Sapagka't ang Panginoong Diyos ay araw at kalasag:**<br>**ang Panginoo'y magbibigay ng biyaya at kaluwalhatian:**<br>**hindi siya magkakait ng anomang mabuting bagay sa nagsisilakad ng matuwid.**<br>**12 Oh Panginoon ng mga hukbo,**<br>**mapalad ang tao na nagtitiwala sa iyo.** |

**84:8-9** Mayroong apat na MGA PAUTOS na ginamit sa dalawang kaagapay na linya.

1. dinggin – BDB 1033, KB 1570, *Qal*
2. pakinggan – BDB 24, KB 27, *Hiphil*
3. masdan – BDB 906, KB 1157, *Qal*
4. tingnan – BDB 613, KB 661, *Hiphil*

Ang mga ito ay kahilingan sa panalangin para kay YHWH upang ipanumbalik ang pagpasok sa pagsamba sa templo. Pansinin kung paanong bumalik ang MGA PANGMARAMIHAN ng Awit 84:4-7 sa MGA PANG-ISAHAN ng Awit 84:2-3!

Ang Awit 84:8-9 ay isang panalangin para sa isang pagpapanumbalik ng tao sa pagsamba sa templo at para dumating ito sa Diyos na nagpapatibay at nagpapalakas ng hari ng Israel (Awit 84:9b)!

**84:8 "Diyos ng mga hukbo"** "*Sabaoth*" (BDB 838) ay kadalasang may isang panghukbong kahulugang (i.e., Josue), "Diyos, ang namumuno sa makalangit na hukbo." Sa konteksto ng isang astral na pagsamba sa diyus-diyosan ng Babilonya, ito ay tumutukoy sa "bituin." Si YHWH ang manlilikha at nangungu na sa lahat ng mga liwanag sa kalangitan.

**84:9 "aming kalasag"** Ito ay isang titulo para sa Diyos (cf. Genesis 15:1; Deuteronomio 33:29; Awit 18:2; 115:9-11) o hari ng Israel.

▣ **"Iyong pinahiran ng langis"** Ito ay maaaring tumukoy sa Punong Saserdote (cf. Levitico 4:3; Zacarias 3-4), ngunit maaaring ang Hari (cf. Awit 2:2; 132:17; 1 Samuel 2:35; 16:6; 2 Samuel 19:21). Sa Awit 89:18 kapwa "kalasag" at "hari" ay ginamit sa Hari ng Israel.

Para sa "pinahiran ng langis" tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Titulo sa OT para sa Isang Natatanging Darating.

**84:10 "Sapagkat isang araw sa iyong mga looban ay mabuti kay sa isang libo"** Ito ang gamit ng terminong "libo" sa isang simbolikong paraan (tingnan ang Natatanging Paksa: Sanlibo [*eleph*]). Ang pagtutulad ay hindi ay hindi lubusang ipinahayag, "Ang isang araw kasama si YHWH sa Kaniyang templo ay mas mabuti kaysa isang libong araw saan man!" (i.e., Awit 27:4).

▣ **"tagatanod-pinto"** Ito ay totoong na sa sinauna mundo, ang tanod-pinto (BDB 706) ay pinaniniwalaang maaaring puspos ng demonyo, lalo na kulturang Romano. Gayunman, sa

kontekstong ito, ito ay tila maliwanag that this ay isang pahayag ng pagtutulad. Ang salmista ay mas pipiliing nasa labas ng templo kaysa nasa maranyang kaginhawahan at pagtanggap ng masasama.

Ang ilang mga tagapagpaliwanag ay sinubukan gawin ang “tanod-pinto” (BDB 706) na isang titulo para sa mga levitang bantay-pino (cf. 1 Cronica 9:19,22; 2 Cronica 23:4). Sa aking palagay, “tanod-pinto” (cf. Mga Hukom 19:27; 1 Mga Hari 14:17; 2 Cronica 3:7) ay umaakmang pinakamainam sa kontekstong ito.

▣ **“mga tolda ng kasamaan”** Ito ay isang anakronismo mula sa mga panahon ng paglalagalag ng Israel. Ang kasalungat ay nahayag sa Awit 27:5-6.

**84:11 “araw”** Ang mga Aramaikong Targum ay ipinaliwanag ang “araw” (BDB 1039) bilang “balwarte” (“araw,” שֶׁמֶשׁ, BDB 1039; “mga silipang pandigma,” שִׁמְשֹׁתַיִךְ BDB 1039, cf. Isaias 54:12). Ang mga silipang pandigma ay umaakma ang pagkakaagapay nang mas mabuti sa kalasag. Ang OT ay nagaatubili na gamiting ang “araw” na kaugnayan nito kay YHWH dahil sa malaganap na pagsamba sa araw sa ANE. Kung ang “araw” ay orihinal, samakatuwid ito ay isang talinghaga na tumutuon sa liwanag, katotohanan, kalusugan, kapahayagan, pagpapala, atbp. Ang pagka-Diyos ay inilarawan sa ganitong paraan sa Isaias 60:19-20; Malakias 4:2; Pahayag 21:23. Siya ang tunay, walang-hanggang liwanag.

**84:11-12** Ito ay isang buod ng pananaw sa mundo ng mananampalataya. Ang Diyos ay kasama natin at para sa atin, kahit na tayo ay pisikal na naihiwalay mula sa itinalagang lugar ng pagsamba. Sa mga matapat na taga-sunod, si YHWH

1. ay araw at kalasag
2. ay nagbibigay ng biyaya at luwalhati
3. nagkakait ng hindi mabuting bagay (cf. Awit 34:10b)
4. pinagpapala ang (may pasubaling sangkap)
   a. namumuhay nang matuwid
   b. nagtitiwala sa Kaniya

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit malayo ang salmista sa templo?
2. Paano maiuugnay ang Awit na ito sa Awit 42?
3. Ang sanggunian sa “mga daan” (Awit 84:5) ay literal o symboliko?
4. Bakit lubhang mahirap isalin ng Awit 84:6?
5. Sino ang pinatutungkulan ng terminong “pinahiran ng langis” (Awit 84:9b)?
6. Sa paanong paraan si YHWH ay tulad ng “araw”? Bakit ang pagtutulad na ito ay di-karaniwan sa OT?
7. Itala ang dalawang kalagayang binanggit sa Awit 84:11-12. Ang kasunduan ba ay may pasubali o wala?

# AWIT 85

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Kahabagan ng Diyos sa mga Bansa<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit. Isang Awit ng mga Anak ni Korah | Panalangin na ang Panginoon ay Magpapanumbalik ng Tulong sa Lupa | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa Pambansang Kalaban | Isang Panalangin para sa Kapakanan ng Bansa | Panalangin para sa Kapayapaan at Katarungan |
| 85:1-3 | 85:1-3 | 85:1-3 | 85:1-3 | 85:1-2 |
| | | | | 85:3 |
| 85:4-7 | 85:4-7 | 85:4-7 | 85:4-7 | 85:4-5 |
| | | | | 85:6-7 |
| 85:8-13 | 85:8-9 | 85:8-9 | 85:8-9 | 85:8-9 |
| | 85:10-13 | 85:10-13 | 85:10-13 | 85:10-11 |
| | | | | 85:12-13 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Pansinin na
   1. ang Awit 85:1-3 lahat ay may MGA GANAP (i.e., natapos na pagkilos, kadalasang nakalipas)
   2. habang ang Awit 85:4-7 lahat ay may MGA DI-GANAP (i.e., nagpapatuloy na pagkilos, ang pangkasalukuyang kalagayan ng galit ni YHWH sa Israel)
   3. ang Awit 85:5-6 ay naglalaman ng isang kalipunan ng tatlong katanungan).

B. Maraming pangunahing teolohikong mga termino ay pinapakilala sa Awit 85:10-13 (cf. positibo sa Isaias 58:8; negatibo sa Isaias 59:14-15).
   1. kagandahang-loob, Awit 85:10 – Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*)
   2. katotohanan/katapatan, Awit 85:10,11 – Natatanging Paksa: Paniniwala, Pagtitiwala,

Pananampalataya at Katapatan sa OT
3. katuwiran, Awit 85:10,11,13 – Natatanging Paksa: Katuwiran
4. kapayapaan, Awit 85:10 (cf. Awit 85:8) – Natatanging Paksa: Kapayapaan (OT)

C. Ang lupain ay apektado ng kapwa positibo at negatibong mga paraan kung paano mamumuhay ang bayan ng Diyos live (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30). Ang mga pagpili ng tao ay mayroong mga kahihinatnan, ngunit gayundin ang biyaya at kahabagan ni YHWH!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 85:1-3**
**1 Panginoon, ikaw ay naging lingap sa iyong lupain:**
**iyong ibinalik ang nangabihag ng Jacob.**
**2 Iyong pinatawad ang kasamaan ng iyong bayan,**
**iyong tinakpan ang lahat nilang kasalanan, (Selah)**
**3 Iyong pinawi ang buong poot mo:**
**iyong tinalikdan ang kabangisan ng iyong galit.**

**85:1-3** Pansinin ang makapangyarihang pagkakaagapay na nagpapakilala ng katangian at pangkatubusang mga pagkilos ni YHWH.
1. iyong ipinakita ang kabutihang-loob – BDB 953, KB 1280, *Qal* GANAP
2. iyong ibinalik ang mga kayamanan – BDB 996, KB 1427, *Qal* GANAP, cf. Awit 14:7
   a. kapatawaran
   b. pagpapanumbalik sa Canaan
3. iyong pinatawad ang kasamaan – BDB 669, KB 724, *Qal* GANAP
4. iyong tinakpan ang lahat nilang kasalanan – BDB 491, KB 487, *Piel* GANAP
5. yong pinawi ang buong poot mo – BDB 62, KB 74, *Qal* GANAP
6. iyong tinalikdan ang kabangisan ng iyong galit – BDB 996, KB 1427, *Hiphil* GANAP; notice
   a. ito ay katulad na PANDIWA sa #2
   b. ang PAUTOS na anyo ng Awit 85:4
   c. ang *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan sa Awit 85:8

Si YHWH ay pinanatili ang Kaniyang mga pangkasunduang pangako kahit na ang Kaniyang kasunduang bayan ay hindi karapat-dapat dito. Ang kasalanan ay may mga kahihinatnan (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30), ngunit ang biyaya rin ay may pangmalagalang epekto dahil sa katangian ng Diyos (cf. Exodo 34:6; Bilang 14:18; Deuteronomio 4:31; Nehemiah 9:27; Awit 86:15; 103:8; 145:8)!

**85:1 "Iyong lupain"** Pansinin ang iba't-ibang mga paraan upang tukuyin ang bayan ng Diyos.
1. Iyong lupain, Awit 85:1a
2. Jacob, Awit 85:1b
3. Iyong bayan, Awit 85:2a

**85:2 "Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2.

**85:3-4 "buo"** Ang paggamit ng "lahat" (BDB 481) ay mahalaga. Ang lahat ng kanilang kasalanan ay natakpan at lahat ng poot ng Diyos ay inalis. Ang napapabilang na mabuting balita!

**85:3 "poot mo"** Pansinin ang iba't-ibang mga salita sa tumutukoy sa reaksyon ni YWH sa pagsuway ng tao (cf. Awit 78:49).
1. poot, Awit 85:3a – BDB 720

2. kabangisan ng galit, Awit 85:3b – BDB 354 KAYARIAN BDB 60 I
3. galit, Awit 85:4b – BDB 495
4. galit, Awit 85:5a – BDB 60, PANDIWA
5. galit, Awit 85:5b – BDB 60, PANGNGALAN

Paanong naiiba ang mga pahayag na ito ng katangian ng Diyos sa

1. Awit 85:1-2
2. Awit 85:10-12

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 85:4-7**
**4 Ibalik mo kami, Oh Diyos ng aming kaligtasan,**
**at papaglikatin mo ang iyong galit sa amin.**
**5 Magagalit ka ba sa amin magpakailan man?**
**Iyo bang ipagpapatuloy ang iyong galit sa lahat ng sali't saling lahi?**
**6 Hindi mo ba kami bubuhayin uli:**
**upang ang iyong bayan ay magalak sa iyo?**
**7 Ipakita mo sa amin ang iyong kagandahang-loob, Oh Panginoon,**
**at ipagkaloob mo sa amin ang iyong pagliligtas.**

**85:4-7** Ang istropang ito ay nagsimula na may dalawang mga kahilingan sa panalangin ("ibalik" – BDB 996, KB 1427, *Qal* PAUTOS; "tanggalin" – BDB 830, KB 974, *Hiphil* PAUTOS) at nagtapos sa isang panalanging kahilingan ("ipakita" – BDB 906, KB 1157, *Hiphil* PAUTOS).

Ito samakatuwid ay sinusundan ng isang kalipunan ng mga katanungan na nauugnay sa panawagan para sa pagpapanumbalik.

1. Magagalit ka ba sa amin magpakailan man? cf. Awit 74:1; 79:5; 80:4
2. Iyo bang ipagpapatuloy ang iyong galit sa lahat ng sali't saling lahi?
3. Hindi mo ba kami bubuhayin uli? cf. Awit 71:20; 80:18

Ang Israel ay maaaring hindi nauunawaan kung paano pinahintulot ni YHWH na sila ay masakop at maipatapon (cf. Habakkuk 1)! Sila ay Kaniyang bayan at Kaniyang saksi sa mundong ito. Ang suliranin ay kasunduang pagsuway. Ang maling mensahe ay naipapahayag sa mga bansa (cf. Ezekiel 36:22-36).

**85:7 "kagandahang-loob"** Tingnan ang tala sa Mga Kaunawaang Kontekstuwal, B.

▣ **"Iyong kaligtasan"** Sa Awit 85:4, ang salmista ay tumatawag kay YHWH na "Oh Diyos (*Eloah*) ng ating kaligtasan" (BDB 447). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan (OT).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 85:8-13**
**8 Aking pakikinggan kung ano ang sasalitain ng Diyos na Panginoon:**
**sapagkat siya ay magsasalita ng kapayapaan sa kaniyang bayan**
**at sa kaniyang mga banal:**
**ngunit huwag silang manumbalik uli sa kaululan.**
**9 Tunay na ang kaniyang pagliligtas ay malapit sa kanila na nangatatakot sa kaniya;**
**upang ang kaluwalhatian ay tumahan sa aming lupain.**
**10 Kaawaan at katotohanan ay nagsalubong;**
**katuwiran at kapayapaan ay naghalikan.**
**11 Katotohanan ay bumubukal sa lupa;**
**at ang katuwiran ay tumungo mula sa langit.**
**12 Oo, ibibigay ng Panginoon ang mabuti;**
**at ang ating lupain ay maguunlad ng kaniyang bunga.**
**13 Katuwira'y mangunguna sa kaniya;**

**at gagawing daan ang kaniyang mga bakas.**

**85:8-12** Ang istropang ito ang sagot sa mga panalangin ng salmista. Ninanais niya na ang Diyos ay magpahayag sa kaniya ("Aking pakikinggan," BDB 1033, KB 1570, *Qal* PANGPANGKAT). Kaniyang ipapasa ang mensahe/paningin.

1. kapayapaan sa
   a. Kaniyang bayan
   b. Kaniyang mga banal (BDB 339)
2. ang kaniyang pagliligtas ay malapit
3. kaluwalhatian ay tumahan sa aming lupain (i.e., personal na presensiya ni YHWH, tulad ng *Shekinah* ulap, ngunit dito sa templo, cf. Awit 63:2; 102:15-16)
4. kagandahang-loob at katapatan ay magsasalubong
5. katuwiran at kapayapaan ay naghalikan
6. Katotohanan ay bumubukal sa lupa
7. ang katuwiran ay tumungo mula sa langit
8. ibibigay ni YHWH ang mabuti
9. katuwiran ay mangunguna

Ngunit pansinin ang mga kalagayan.

1. huwag silang manumbalik uli sa kaululan (BDB 493) – BDB 996, KB 1427, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. sa kanila na nangatatakot/ sumasamba sa Kaniya (Natatanging Paksa: Takot)

Ito ay maaaring "ang Kaniyang mga banal" ng Awit 85:8b ay isang pasubali para sa kapayapaan. Walang kapayapaan maliban sa tamang pakikipag-ugnayan sa Diyos at sa kapwa.

Ang Awit 85:11 ay nagpapahayag din sa katapatan bilang isang pasubali para sa katuwiran ng Diyos (i.e., ang Diyos mismo) na tumungo mula sa langit.

Awit 85:10-11 ay isang makapangyarihang paglalarawan ng persona ng Diyos. Ang mga katangiang ito ay ipinakilala bilang magkakasama upang maisakatuparan ang Kaniyang mga layunin.

1. pagpapanumbalik mula sa pagkakatapon
2. pagpapahinto ng tagtuyot
3. eskatolohikong kahahantungan (Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH)

**85:8 "Diyos ang Panginoon"** Ito ay *El* na dinagdagan ng YHWH. Kadalasang ito ay YHWH *Elohim*, gaya ng sa Genesis 2:4 (YHWH *Elohim*). Ang NJB ay nakikita ang dalawang mga pangalan para sa Diyos bilang mga panimulang magkaagapay na linya.

"Ano ang mensahe ng Diyos?"

"Ang mensahe ni Yahweh ay kapayapaan."

Ito ay katulad na pamamaraan na sinusunod ng AB (p. 285).

▣ **"ngunit huwag silang manumbalik uli sa kaululan"** Ito ay nagpapakilala ng MT. Ang LXX ay nauunawaan ang parirala bilang "sa kanilang tumalikod ang mga puso sa Kaniya." Ang UBS Text Project (p. 345) ay binibigyan ang MT ng isang "C" na antas (i.e., hindi kakaunting pagduruda).

**85:12** Ang pangako ng kasaganahan sa agrikultura ay nakatali sa pangkasunduang pagsunod (i.e., Levitico 26; Deuteronomio 27-30). Ang AB ay nakikita ang Awit bilang isang panawagan bago pa ang pagpapatapo para sa pag-ulan sa gitna ng tagtuyot. Ang Jewish Study Bible (p. 1377) ay nakikita ang Awit bilang isang pagsamo para sa pagpapanumbalik ng bayan ng Diyos sa Canaan. Ito ay nakabatay sa

1. "lupain" sa Awit 85:1, 9-12
2. "pagpapanumbalik ng mga kayamanan," na ginamit sa Jeremias 30:3,18; Amos 9:14

3. Awit 85:7, tumutukoy sa isang napanumbalik na templo

▣ **"mabuting bagay"** Ano ang pinatutungkulan nito?

1. pagpapalaya – Exodo 18:9
2. mga pagpapala – Awit 34:10
3. Canaan – Exodo 3:8; Deuteronomio 1:35; 3:25; 4:21-22; 8:7,10; Josue 23:13
4. hindi tiniyak na kabutihan mula kay YHWH sa kanilang sumusunod sa Kaniyang kasunduan – Awit 84:11

Maaaring ito ay may layuning kalabuan na nangangahulugan ng pagtustos ng Diyos sa bawat pangangailangan. Dito, pang-agrikulturang kasaganahan (cf. Awit 67:6).

**85:13** Ang OT ay kadalasang gumagamit ng paglalarawan ng isang "paraan," "daan," "daang-bayan" na tumutukoy sa mga pagkilos ng Diyos at mga tao (i.e., Awit 25:4,8,9,10,12,15). Ang espiritwal na buhay ay ipinakilala bilang "isang paraan"!

Katuwiran ay muli kinakatawan (cf. Awit 85:10-11) bilang isang tagapagbalita (cf. Awit 85:8) na lumilibot sa Israel habang sinisigaw ang mabuting balita pag-ibig, pagkupkop, pagkalinga, at presensiya ni YHWH sa Kaniyang bayan pagkatapos ng pagkakatapon o tagtuyot. Ang Jerome Bible Commentary (p. 591) ay nakikita ito bilang isang maaaring eskatolohikong sanggunian.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Maaari bang matuklasan ang pangkasaysayang kalagayan? Kung gayon, itala ang tatlong opsyon.
2. Paano maiuugnay ang MGA PANDIWA ng Awit 85:1-2 sa MGA PANDIWA ng Awit 85:3?
3. Ang Awit 85:8 ay tumutukoy ba sa salmista o isang propeta?
4. Bakit ang Awit 85:10-11 ay makapangyarihan, makapukaw-damdamin, nagbibigay-pag-asang paglalarawan?
5. Paano tumutukoy ang Awit 85:11 sa kapwa kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao?
6. Ibigang kahulugan ng "mabuti" sa Awit 85:12.
7. Ipaliwanag ang paglalarawan ng isang "landas" o "daan"

# AWIT 86

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Awit ng Pamamanhik at Pagtitiwala<br>Panimula sa MT<br>Isang Panalangin ni David | Panalangin sa Kahabagan, na may Pagninilay sa mga Kagalingan ng PANGINOON | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa mga Personal na Kaaway | Isang Panalangin para sa Paghingi ng Tulong | Panalangin sa Oras ng Pag-subok (Mga bilang ng talata mula sa LXX) |
| 86:1-5 | 86:1-5 | 86:1-7 | 86:1-2 | 86:1-2b |
| | | | | 86:2c-4 |
| | | | 86:3-5 | |
| | | | | 86:5-6 |
| 86:6-10 | 86:6-7 | | 86:6-7 | |
| | | | | 86:7-8 |
| | 86:8-10 | 86:8-11 | 86:8-10 | |
| | | | | 86:9-10 |
| 86:11-13 | 86:11-13 | | 86:11-13 | 86:11 |
| | | 86:12-13 | | 86:12-13 |
| 86:14-17 | 86:14-15 | 86:14-17 | 86:14-17 | 86:14 |
| | | | | 86:15-16a |
| | 86:16-17 | | | 86:16b-17 |
| | | | | 86:18 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ito ay inuuri bilang isang "personal na panaghoy." Isang matuwid na tagasunod ni YHWH na nanawagan sa kaniyang matuwid na Diyos na kumilos sa kaniyang kapakanan.
   1. matuwid may-akda, Awit 86:1,2,3,4
   2. matuwid Diyos, Awit 86:5,6

B. Ang Awit na ito ay may isang nakakagulat na pangkalahatang sangkap sa Awit 86:9 (cf. Awit 22:27; 46:10; 47:9; 57:5,11; 64:9; 65:8; 66:1-7; 67:2-5; 98:23; 99:2-3 102:15). Ang talatang ito ang teolohikong sentro ng *chiasm* (i.e., isang Hebreong patulang pagkakayari).

C. Isang maaaring balangkas ay:
   1. ang teolohikong pagdaing ng may-akda, Awit 86:1-7
   2. imno ng pagpupuri sa Diyos, Awit 86:8-10
      a. Kaniyang pangingibabaw
      b. Kaniyang pagiging natatangi (monoteismo)
   3. imno ng pagpupuri sa Diyos, Awit 86:11-17, para sa Kaniyang katangian

D. Mayroong 15 MGA PAUTOS NG PAKIKIUSAP sa Awit na ito.
   1. ikiling ang iyong pakinig, Awit 86:1 – BDB 639, KB 692, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 17:6; 31:2; 71:2; 102:2; katulad na PANDIWA sa DI-GANAP sa Awit 88:2
   2. sagutin ako, Awit 86:1 – BDB 772, KB 851, *Qal* PAUTOS
   3. ingatan ang aking kaluluwa, Awit 86:2 – BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 25:20
   4. iligtas, Awit 86:2 – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 28:9; 31:16; 59:2; 71:2
   5. maawa ka, Awit 86:3 – BDB 335, KB 334, *Qal* PAUTOS
   6. bigyan ng galak ang kaluluwa, Awit 86:4 – BDB 970, KB 1333, *Piel* PAUTOS
   7. dinggin, Awit 86:6 – BDB 24, KB 27, *Hiphil* PAUTOS
   8. pakinggan, Awit 86:6 – BDB 904, KB 1151, *Hiphil* PAUTOS
   9. ituro sa akin, Awit 86:11 – BDB 34, KB 436, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 25:4,12; 27:11
   10. ilakp ang aking puso, Awit 86:11 – BDB 402, KB 405, *Piel* PAUTOS
   11. bumalik sa akin, Awit 86:16 – BDB 815, KB 937, *Qal* PAUTOS
   12. maawa sa akin, Awit 86:16 – katulad sa #5
   13. grant kalakasan, Awit 86:16 – BDB 678, KB 733, *Qal* PAUTOS
   14. iligtas, Awit 86:16 – katulad sa #4
   15. pakitaan ako ng tanda, Awit 86:17 – BDB 793, KB 889, *Qal* PAUTOS

E. Pansinin ang MGA PANAWAGAN.
   1. Oh Panginoon (YHWH), Awit 86:1, 3, 6, 11, 17
   2. Oh ikaw na Diyos ko (*Eloah*), Awit 86:2
   3. Oh Panginoon (*Adon*), Awit 86:4, 5, 8, 9, 15
   4. Oh Diyos (*Elohim*), Awit 86:10,14
   5. Oh Panginoon akong Diyos (*Eloah*), Awit 86:12; *Eloah* gayundin sa Awit 86:2
   6. Oh ibigay (walang pangalan/titulo), Awit 86:16b

   Ang ibang mga pangalan/mga titulo na ginamit ay
   1. Diyos (*El*), Awit 86:15
   2. Iyong pangalan (BDB 1027), Awit 86:9, 11, 12

   Ang lahat ng mga ito ay nagpapakilala ng isang masiglang panalangin para sa humingi ng tulong sa Diyos ng Israel!

F. Ang kayarian ng pang-isahang Awit ay mahirap na uriin. Kung ang Awit na ito ay isang

akrostik (tingnan ang NASB Study Bible, p. 829), samakatuwid Awit 86:9 ang sentrong susi talata. Para sa akin, ang Awit 86:8, sa teolohiya, ay ang susing talata at ang Awit 86:9 ang lohikal na karugtong. Ang monoteismo ay natatangi sa Israel sa ANE (na may dalawang maikling maliban sa isa sa Ehipto at isa sa Asiria). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH, at Natatanging Paksa: Monoteismo.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 86:1-5**
**1 Ikiling mo ang iyong pakinig, Oh Panginoon, at sagutin mo ako;**
**sapagkat ako ay dukha at mapagkailangan.**
**2 Ingatan mo ang aking kaluluwa; sapagkat ako ay banal:**
**Oh ikaw na Diyos ko, iligtas mo ang iyong lingkod na nagtitiwala sa iyo.**
**3 Maawa ka sa akin, Oh Panginoon,**
**sapagkat sa iyo'y dumadaing ako buong araw.**
**4 Bigyan mong galak ang kaluluwa ng iyong lingkod;**
**sapagkat sa iyo, Oh Panginoon, itinataas ko ang aking kaluluwa.**
**5 Sapagka't ikaw, Panginoon, ay mabuti, at mapagpatawad,**
**at sagana sa kagandahang-loob sa lahat na tumatawag sa iyo.**

**86:1 "Ikiling"** Ito ay isang talinghaga na nanggaling sa PANDIWA NA "baliin" o "lumiko" (BDB 639, KB 692). Ito ay nananawagan kay YHWH na pakinggan ang pagsamo ng Kaniyang lingkod (cf. Awit 86:3,4,6,7).

▣ **"Oh Panginoon"** Ito ay si YHWH (i.e., ang pangalan ay tinuring sa Exodo 3:14, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos). Ito ang kasunduan pangalan para sa pagka-Diyos. Ito ay isang anyo ng PANDIWA NA "maging."

Mayroong isang paglalaro sa pagitan ni YHWH (Awit 86:1,3,6,11), *Elohim* (Awit 86:2,10,12) at *Adon* (Awit 86:4,8, 9,12).

These represent iba't-ibang mga konsepto ng pagka-Diyos.

1. YHWH – Diyos bilang Tagapagligtas, Manunubos
2. *Elohim* – Diyos bilang Manlilikha, Tagapanatili, Tagapagtustos
3. *Adonai* – Diyos bilang panginoon, may-ari, asawang lalaki

▣ **"sagutin"** Ito ay hindi isang panalangin para sa impormasyon ngunit katiyakan sa personal na presensiya at pagkalinga ng Diyos. Ang salmista ay narasaan ito at, sa anumang kadahilanan, hindi na ngayon! Ito ay isang pagsamo para sa Diyos na kumilos sa isang nakikitang paraan.

1. magpalaya (Awit 86:7)
2. magpatotoo (Awit 86:8-10)

▣ **"sapagka't ako ay dukha at mapagkailangan"** Ang pariralang ito (BDB 776 at BDB 2) ay maaaring maunawaan sa isang espiritwal na kaunawaan sa tumukoy sa matapat na natira (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Natira, Tatlong Kaunawaan, cf. Awit 34:6; 35:10; 40:17; 70:5). Sa Awit, ito ay maaaring isang sanggunian sa Hari.

**86:2 "Ingatan mo ang aking kaluluwa; sapagkat ako ay banal"** Mayroong dalawang mga termino na ginamit upang ilarawan ang salmista.

1. kaluluwa – sa literal, *nephesh*, BDB 659, cf. Awit 86:4 (dalawang beses), 13,14; tingnan ang mga tala sa internet sa Awit 3:2 at Genesis 35:18
2. isang banal/ tao – BDB 339, tingnan ang mga tala sa internet sa Awit 16:10; 50:5

Ito ay nagsimula sa isang kalipunan ng mga mga kadahilanan kung bakit dapat kumilos ang Diyos sa kapakanan ng salmista.

1. siya ay banal, Awit 86:2 (*hasid*, BDB 339, matapat sa kasunduan, kaugnay sa *hesed*, BDB 339)
2. siya ay nagtitiwala kay YHWH, Awit 86:2
3. siya ay nananalangin kay YHWH, Awit 86:3,4,5
4. dahil gayundin ang Diyos, *hesed*, Awit 86:5,15.

Sa OT, kamatayan ay hindi nakikita bilang isang pagtatagpo kasama ng Diyos ngunit isang lugar ng katahimikan at walang-kagalakan. Ang salmista ay nagnanais na magpuri sa Diyos sa pagsamba. Ang konsepto sa kung ano ang nangyayari sa kabilang buhay ay pinaunlad (i.e., lumalagong kapahayagan) sa NT. Salamat sa Diyos kay Hesus at ang NT!

▣ **"iligtas"** Sa OT, ito ay tumutukoy sa pisikal na pagpapalaya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan (OT).

▣**"na nagtitiwala sa iyo"** Tingnan ang mga tala sa internet sa Awit 4:5.

**86:3 "sa iyo'y dumadaing ako buong araw"** Ito ay tumutukoy sa panalangin sa buong araw (cf. Awit 22:2; 25:5; 88:9).

**86:4 "itinataas ko ang aking kaluluwa"** Ito ay isang wikain para sa pagkilala ng lugar ng kapangyarihan ni YHWH (i.e., sa kataasan, sa langit, cf. Awit 123:1) at pag-aalay ng buong sarili sa Kaniya (cf. Awit 25:1; 143:8; Panaghoy 3:41).

Ang pangkulturang kaligiran ay maaaring

1. mga alay na inihandog kay YHWH
2. panalangin ng mga Hudyo na inihandog na may ulo, mga mata, at mga kamay na nakataas sa langit

**86:5** Ito ay isang buod na katangian ni YHWH (cf. Awit 86:10,15). Mayroong maraming mga buod na ito sa kabuuan ng OT (cf. Exodo 34:6; Jonas 4:2; Nehemiah 9:17; Joel 2:13; Awit 86:15; 103:8; 145:8).

Ang pag-asa ng tao ay nasa namamalagi, mapagmahal na katangian ni YHWH. Siya ay

1. mabuti – BDB 373 II (cf. 1 Cronica 16:34; 2 Cronica 5:13; 7:3; 30:18; Ezra 3:11; Awit 25:8; 34:8; 100:5; 106:1; 107:1; 118:1,25; 135:3; 136:1; Jeremias 33:11; Nahum 1:7)
2. mapagpatawad – BDB 699, PANG-URI na matatagpuan lamang dito (cf. Nehemiah 9:17; Awit 130:4 para sa mga paggamit ng kaugnay na PANGNGALAN)
3. sagana sa kagandahang-loob – BDB 912 I KAYARIAN BDB 338 (cf. Exodo 34:6; Nehemiah 9:17; Awit 103:8; 145:8; Joel 2:13; Jon. 4:2), tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*)
4. dakila, Awit 86:10 – BDB 152 (cf. Awit 77:13)
5. gumagawa ng kagila-gilalas na mga bagay, Awit 86:10 – BDB 810, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kamangha-manghang Bagay
6. puspos ng kahabagan, Awit 86:15 – BDB 933
7. mapagbiyaya, Awit 86:15 – BDB 337
8. banayad sa pagkagalit, Awit 86:15 – cf. katulad na kaagapay na mga talatang sa #3
9. abundant in katapatan/katotohanan, Awit 86:15 – cf. katulad na kaagapay mga talatang sa #3

▣ **"sa lahat na tumatawag sa iyo"** Ang saklaw ng pag-ibig ni YHWH at Kaniyang pag-aalok ng pagtanggap ay nakakagulat sa isang Awit sa OT. Ang katulad na pangkalahatang pangako ay inuulit sa Awit 86:9. Tinatanggap ng Diyos ang lahat na lalapit sa Kaniya sa pananampalataya at pagsamba. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

"Tumawag sa" Diyos ay isang pagkilos ng pananampalataya na inihahayag sa pampublikong pagsamba sa Joel 2:32 at sinipi ni Pablo sa taga-Roma 10:9-13. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ano ang Ibig-sabihin ng "Tanggapin," "Manampalataya," "Magpahayag ng Pananampalataya," at "Tumawag?"

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 86:6-10**

**6 Dinggin mo, Oh Panginoon, ang aking dalangin;**
**at pakinggan mo ang tinig ng aking mga pananaing.**
**7 Sa kaarawan ng aking kabagabagan ay tatawag ako sa iyo;**
**sapagkat iyong sasagutin ako.**
**8 Walang gaya mo sa gitna ng mga diyos, Oh Panginoon;**
**wala mang mga gawang gaya ng iyong mga gawa.**
**9 Lahat ng mga bansa na iyong nilalang ay magsisiparito,**
**at magsisisamba sa harap mo, Oh Panginoon;**
**at kanilang luluwalhatiin ang iyong pangalan.**
**10 Sapagka't ikaw ay dakila, at gumagawa ng kagilagilalas na mga bagay:**
**ikaw na magisa ang Diyos.**

**86:6-7** Ito ang mga kaagapay sa Awit 86:1. Sila ay nagpapahayag ng pagtitiwala ng salmista sa personal na presensiya at pagkalinga ni YHWH.

**86:7 "Sa kaarawan ng aking kabagabagan"** Ang suliranin ng salmista ay inilarawan pa sa Awit 86:14. Ang mga kaaway ay inilarawan sa maraming mga paraan.

1. ang palalo ay bumangon laban sa akin
2. ang kapisanan ng mga marahas na tao ay umusig ng aking kaluluwa (*nephesh*, tingnan ang tala sa internet sa Genesis 35:18)
3. hindi inilagay ka sa harap nila
4. silang nagagalit sa akin, Awit 86:17b

**86:8 "Walang gaya mo"** Ito ay isang patunay ng monoteismo (cf. Awit 86:10b), tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo. Ito ay nagpapakilala sa Exodo 15:11.

▣ **"sa gitna ng mga diyos"** Ito ang Hebreong terminong *elohim*, na ginamit sa espiritwal na mga nilalang (mga anghel). Ang terminong ito ay ginamit din sa mga taong hukom sa OT. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos.

▣ **"wala mang mga gawang gaya ng iyong mga gawa"** Si YHWH ang Diyos ng paglalang. Siya ang tanging manlilikha, lahat ng ibang nilalang ay nilikha. Siya ang Diyos na kumikilos. Ang mga idolo ng mga bansa ay hindi nakakakita, nakakarinig, o kumikilos!

**86:9 "Lahat ng mga bansa na iyong nilalang ay magsisiparito"** Kung mayrong isa lamang na manlilikhang Diyos at lahat ng mga tao ay nilikha sa Kaniyang larawan (Genesis 1:26-27) at Diyos ay nangako ng tutubusin ang lahat ng nalugmok na mga tao (Genesis 3:15), samakatuwid ang pag-ibig ng Diyos para sa lahat ng mga tao ay dapat na maituon sa pangkatubusang mga gawain ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

Ang talatang ito ay nagpapahayag ng pagdidiin na si YHWH na lumikha ng mga bansa (cf. Deuteronomio 32:8 sa LXX, na nagpapahayag na si YHWH ang nagbigay sa bawat bansa isang pambansang anghel, cf. Deuteronomio 29:26; Daniel 10).

▣ **"kanilang luluwalhatiin ang Iyong pangalan"** Ang mga Gentil na tumutugon sa pananampalataya at pagsamba ay makaluluwalhatin sa pag-ibig at pagtubos ni YHWH (cf. Isaias

66:23c).

Kung ang Awit 86:14-15 ay tumutukoy sa mapaghimagsik na mga Hudyo, ang kasalungat sa mga nananampalatayang mga Hentil ay mas makapangyarihan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 86:11-13**

**11 Ituro mo sa akin ang iyong daan, Oh Panginoon;**
**lalakad ako sa iyong katotohanan:**
**ilakip mo ang aking puso sa pagkatakot sa iyong pangalan.**
**12 Pupurihin kita, Oh Panginoon kong Diyos ng aking buong puso;**
**at luluwalhatiin ko ang iyong pangalan magpakailan man.**
**13 Sapagka't dakila ang iyong kagandahang-loob sa akin;**
**at iyong iniligtas ang aking kaluluwa sa pinakamalalim na Sheol.**

**86:11-13** Ang talatang ito ay nananawagan kay YHWH (dalawang MGA PAUTOS) na tustusan ang mga pananailangan ng Kaniyang matapat na tagasunod —pagtuturo at isang inilakip, dalisay na puso. Bilang kapalit, ang tagasunod ay "magtuturo," "lalakad," "matatakot," "magbibigay pasalamat," at "luluwalhati" kay YHWH. Ito ang kaayusan ng kasundaun: ang Diyos ang magkakaloob, ang mga matapat na taga-sunod ay tumugon.

▣ **"Iyong daan…Iyong katotohanan…Iyong pangalan"** Sila ay maliwanag na nasa pagkakaagapay na pakikipag-ugnayan. Ang biblikal na pananampalataya ay
1. isang pang-araw-araw na pamumuhay
2. nalalamang katotohanan
3. isang persona na dapat lubusang pagkatiwalaan

Palagi kong sinasabi na ito ay isang persona (Hesus) na tatanggapin; mga katotohanan tungkol sa persona na paniniwalaan (ang Bibliya); at isang buhay na katulad ng sa persona na ipamumuhay! Ang lahat ng mga sangkap na ito ay kailangan para sa isang buo, lubos, at ganap na biblikal na pananampalataya!

**86:11,12 "ilakip ang aking puso…ng aking buong puso"** Ito ay isang Hebreong wikain para sa lubusang katapatan at dedikasyon (i.e., Jeremias 24:7; 32:39; Ezekiel 11:33; 18:31; 36:26).

**86:12 "Pupurihin kita. . .luluwalhatiin ko"** Ang dalawang MGA PANDIWA ay MGA PANGPANGKAT.
1. pupurihin – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
2. luluwalhatiin – BDB 457, KB 455, *Piel* PANGPANGKAT

▣ **"Iyong pangalan"** Ang pagtawag sa pangalan ni YHWH (i.e., Kaniyang persona, katangian) ay bumabalik sa Genesis 4:26 (cf. Genesis 12:8; 21:33; Awit 80:18; 145:1-2; Daniel 9:19; Joel 2:32; Mga Gawa 2:21; taga-Roma 10:9-13). Ito ang mga gawa ng pananampalataya, pagsamba, at pasasalamat. Ang mga matapat na taga-sunod ay tumatawag sa di-nakikitang Diyos ng paglalang at katubusan. Tingnan ang Natatanging Paksa at Awit 86:5 at Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

**86:13 "iniligtas ang aking kaluluwa sa pinakamalalim na Sheol"** Ang PANDIWA (BDB 664, KB 717) ay isang *Hiphil* GANAP at, samakatuwid, ay maaaring maunawaan bilang nakalipas, kasalukuyan, o panghinaharap (tanging konteksto ang magpapasiya). *Sheol* ang lugar na tumatangan sa mga patay. Ang mga Hudyo inililibing ang kanilang mahal sa buhay, samakatuwid, ito ay tinitingnan na di karaniwan na siyang nasa sentro ng mundo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga

Patay?

Ang sanggunian ng salmista ay mauunawaan sa maraming mga paraan.

1. pagkakasakit
2. mga kaaway sa kasunduan (kapwa mga Hudyo)
3. mga panlabas na kaaway (ang nakapalibot na mga bansa)
4. panghinaharap na kaunawaan sa huling-araw (eskatolohiko)

Ang terminong "kalaliman" sa literal, PANG-URI ay "pinakamababa" (BDB 1066, cf. Deuteronomio 32:22).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 86:14-17**
**[14]Oh Diyos, ang palalo ay bumangon laban sa akin,**
**at ang kapisanan ng mga marahas na tao ay umusig ng aking kaluluwa,**
**at hindi inilagay ka sa harap nila.**
**[15]Nguni't ikaw, Oh Panginoon, ay Diyos na puspos ng kahabagan at mapagbiyaya,**
**banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob at katotohanan.**
**[16]Oh bumalik ka sa akin, at maawa ka sa akin;**
**ibigay mo ang lakas mo sa iyong lingkod.**
**At iligtas mo ang anak ng iyong lingkod na babae.**
**[17]Pagpakitaan mo ako ng tanda sa ikabubuti:**
**upang mangakita nilang nangagtatanim sa akin, at mangapahiya,**
**sapagkat ikaw, Panginoon, ay tumulong sa akin, at umaliw sa akin.**

**86:14** Ang mga matapat na taga-sunod ng Diyos ay mayroong mga kaaway! Kung sino sila ay di-tiyak. Sinuman sila, hindi nila kilala o kinikilala ang Diyos o Kaniyang bayan (cf. Awit 54:3, katulad sa Awit 36:1).

**86:15** Tingnan ang mga tala sa Awit 86:5.

**86:16** Ito ay kaagapay sa Awit 86:1 at 3.

▣ **"iligtas mo ang anak ng iyong lingkod na babae"** Ito ay isang wikain para sa isang maka-Diyos na pamilya na naglilingkod kay YHWH (i.e., Awit 116:16).

**86:17** Ang talata bang ito ay nagpapahiwatig ng isang pagsamo sa kanila sa Awit 86:14 na magsisi o ito ay isang panawagan para sa pangmadlang katarungan? Ang Awit 112:10 ay maaaring maiugnay sa talatang ito.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano inilarawan ng salmista ang kaniyang sarili sa Awit 86:1-3?

2. Ipaliwanag kung paano umaakma ang Awit 86:8 sa natatanging pananaw ng Israel na nag-iisa at paggiging-isa ni YHWH.
3. Ipaliwanag ang pangkalahatang pagbibigay-diin ng Awit 86:9.
4. Itala ang mga pangalan para sa pagka-Diyos ginamit sa Awit na ito at kanilang teolohikong kahalagahan.
5. Ibigang kahulugan ng monoteismo at ang kahihinatnan nito sa Awit 86:5 at 9.
6. Itala ang mga katangian ni YHWH sa Awit 86:5, 10, 15.

# AWIT 87

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang mga Pribilehiyo ng Pagkamamamayan ng Sion<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng mga Anak ni Korah. Isang Awit | Ang mga Luwalhati ng Lungsod ng Diyos | Pagpuri ng mga Anak sa Sion bilang Ina ng mga Mananampalataya Saan man | Sa Kapurihan ng Herusalem | Sion, Ina ng mga Bansa |
| 87:1-7 | 87:1-3 | 87:1-3 | 87:1-3 | 87:1-2 |
| | | | | 87:3 |
| | 87:4 | 87:4 | 87:4 | 87:4 |
| | 87:5-6 | 87:5-6 | 87:5-7 | 87:5 |
| | | | | 87:6-7 |
| | 87:7 | 87:7 | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay nagpupuri sa pagpili ni YHWH sa isang bayan upang ihayag at ipakilala ang Kaniyang sarili sa ibang mga bansa.

B. Ang paglalarawang ginamit ay isa sa mga bansa (cf. Awit 87:4). Si YHWH ang nagtatakda ng mga hangganan ng lahat ng mga bansa (cf. LXX, Deuteronomio 32:8, i.e., Siya ay nasa pamamahala ng heograpiya at kasaysayan).
Ang kasunduang bansa ay binubuo ng
1. mga supling ni Abraham (cf. Genesis 12:1-3; Deuteronomio 7:6-8)
2. mga supling ng mga Patriyarka (Isaac, Jacob/Israel)
3. isang natatanging lupain, Canaan

4. isang natatanging lungsod, Herusalem
5. isang natatanging bundok, Moriah (i.e., ang templo, cf. Deuteronomio 12:5,11,21; 14:23,24; 16:2,6,11, etc.)

C. Ang natatanging bansa (cf. Exodo 19:5-6) ay napakahalaga para sa pag-abot sa lahat ng mga bansa (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

D. Habang binabasa ko ang Awit na ito, aking tinanong ang akong sarili, "Ito pa rin ba ay natatanging lugar ng Diyos?" Ako ay nagpupunyagi dito; magkaroon kayo ng ilang pagkakataon at basahin ang Natatanging Paksa: Ang mga Prediskyon ng OT sa Hinanarap laban sa Mga Prediksyon ng NT. Ang NT ay ginawang panlahat ang mga pangako sa OT para sa mundo. Ang ebanghelyo, hindi Israel, ang buong kapahayagan ni YHWH!

E. Ang Awit 87:4 ay nagpapahiwatig ng isang eskatolohikong yugto kung saan ang lahat ng bayan ay bahagi ng bayan ng Diyos (i.e., Isaias 2:2-4; 12:4-5; 25:6-9; 42:6-12; 45:22-23; 49:5-6; 51:4-5; 60:1-3; 66:23).

F. Ang UBS *Handbook*, p. 757, ay nagdadala ng katanungan na kung sino ang tagapagsalita sa Awit 87:4 at 5. Ito ay inimumungkahi, at ako ay sumasang-ayon, na ang Awit 87:4 ay dapat na Diyos (dahil pagka-Diyos ay binanggit sa UNANG PANAUHAN, "Ko"), habang Awit 87:5 ang salmista (dahil ang pagka-Diyos ay binanggit sa PANGATLONG PANAUHAN, gayundin sa Awit 87:6).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 87:1-7**

**1Ang kaniyang patibayan ay nasa mga banal na bundok.**
**2Minahal ng Panginoon ang mga pintuang-bayan ng Sion,**
**ng higit kay sa lahat na tahanan ng Jacob.**
**3Maluwalhating mga bagay ang sinalita tungkol sa iyo,**
**Oh bayan ng Diyos. (Selah)**
**4Aking babanggitin ang Rahab at ang Babilonia na kasama ng mga nakakakilala sa akin:**
**narito, ang Filistia at ang Tiro, pati ng Etiopia;**
**ang isang ito ay ipinanganak diyan.**
**5Oo, sa Sion ay sasabihin, ang isang ito at ang isang yaon ay ipinanganak sa kanya;**
**at itatatag siya ng Kataastaasan.**
**6Sasalaysayin ng Panginoon, pagka kaniyang isinulat ang mga bayan,**
**ang isang ito ay ipinanganak diyan. (Selah)**
**7Silang nagsisiawit na gaya ng nagsisisayaw ay mangagsasabi,**
**lahat ng aking mga bukal ay nangasa iyo.**

**87:1 "patibayan"** Ang Hebreong ugat (BDB 414) ay maraming mga kahulugan.
1. ginamit sa Ezra 7:9 bilang panimula ng ilang bagay
2. saligan ng isang lungsod – Awit 137:7; Panaghoy 4:11; Mikas 1:6
3. paglalatag ng saligan sa isang paglalarawan na kaunawaan – Isaias 28:16
4. paglalang ng mundo – 2 Samuel 22:16; Awit 18:16; 78:69; 82:5; Isaias 24:18; 40:21; Jeremias 31:37
5. paglalarawan na nauugnay sa mga bundok – Deuteronomio 32:22; Awit 18:7
6. mula sa araw ng saligan ng templo – 2 Cronica 8:16 o mga gilid na pasukan nito – Ezekiel 41:8

▣ **“mga banal na bundok”** Ang mga bundok ay sumasagisag ng
1. pananatili
2. katatagan
3. pagkamalapit sa Diyos (Awit 121:1)
4. mga haligi ng mundo

Sa konteksto, ito maliwanag na naglalarawan kaugnay
1. ang Herusalem/Sion (cf. Awit 2:6; 48:1)
2. ang templo
3. ang kasunduang bayan

Ang PANGMARAMIHAN ay maaaring maiugnay sa katotohanan na ang Herusalem ay itinatag sa ibabaw ng pitong burol. Para sa “Sion” tingnan ang mga tala sa internet sa Awit 2:6; 9:11 at 20:2.

Si YHWH ay may kaugnayan sa maraming mga bundok.
1. Bundok Sinai/Horeb (Exodo 19-20)
2. Bundok Seir/Paran (Deuteronomio 33:2; Habakkuk 3:3)
3. Bundok Moriah (Genesis 22; Ezekiel 20:40)
4. isang bundok sa hilaga (cf. Awit 48:2; Isaias 14:13; Ezekiel 28:14,16)

**87:2** Ito ay tumutukoy sa Herusalem/Sion at Judah (cf. Awit 78:67-68). Ang Juday ay ang tribo ng Mesias (cf. Genesis 49:8-12). Si “Jacob” ay tumutukoy sa lahat ng mga tribo na nagmula kay Jacob/Israel. Ito ay naging isang sama-samang terminong para sa kasunduang bayan.

▣ **“Minahal ng Panginoon”** Ang pag-ibig ni YHWH na para sa Herusalem ay tiyak na naihahayag sa Awit 78:68. Ito ang Kaniyang piniling lugar (cf. Awit 132:13).

▣ **“lungsod ng Diyos”** Ito ay tumutukoy sa Herusalem (cf. Awit 46:4; 48:8). Tingnan ang Natatanging Paksa: Herusalem.

▣ **“Selah”** Ang terminong ito ay tila nagsasara ng isang pampanitikang yunit, tingnan ang Awit 87:6. Para sa buong tala sa mga iminumungkahing kahulugan, tingnan ang Awit 3:2.

**87:4 “Aking babanggitin”** Ang PANDIWA (BDB 289, KB 269, *Hiphil* DI-GANAP) ay maaaring maunawaan bilang “magtala” (BDB 271, #4, bilang titulo ng isang pampublikong pinuno na nagtatala (cf. 2 Samuel 8:16; 20:24; 1 Mga Hari 4:3; 2 Mga Hari 18:18,37; 1 Cronica 18:15; 2 Cronica 34:8; Isaias 36:3,22), samakatuwid ay nauugnay ang ideya ng isang panglungsod na rehistro (Awit 87:5-6).

▣ **“kasama ng mga nakakakilala sa akin”** Ito ay nagpapahiwatig na nag mga Hentil na mula sa mga bansang ito ay naging mga mananampalataya at mga taga-sunod ni YHWH. Sila ngayon mga mamamayan ng bagong eskatolohikong lungsod ng Diyos, “Bagong Herusalem” (cf. Pahayag 21).

Tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala.

**87:4-5** Ang salmista ay nagtala ng maraming bansa.
1. Rahab (i.e., Ehipto, cf. Awit 89:10; Isaias 30:7)
2. Babilonya (isa sa mga kagilagilalas na mga gawa kung bakit hindi nabanggit ang Asiria, na maaaring magbigay ng indikasyon ng petsa ng pagkakasulat ng Awit)
3. Filisteo
4. Tiro (i.e., Phoenicia)
5. Ethiopia (i.e., Cush)

Ang layunin ng kanilang pagkabanggit ay upang paghambingin ang kanilang mga simula. Sa isang kaunawaan, ang lahat ng mga bansa ay nasimula sa pagka-soberano ng Diyos (cf. LXX, Deuteronomio

32:8), ngunit Israel ay Kaniyang natatanging bayan (cf. Exodo 19:5-6; taga-Roma 9:4-5).

**87:5** Ang unang hanay ng Awit 87:5 ay mahirap ngunit sa konteksto ng pangkalahatang pagbibigay-diin ng Awit 87:4, sa aking palagay, ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya kay YHWH na ang kanilang pagkamamamayan ay nailipa sa banal lungsod ng Diyos—Sion.

**87:6 "isinulat"** Ang paglalarawan ay tala ng mga mamamayan na naitago ng mga lungsod sa ANE. Sa isang simbolikong paraan, ito ay nagpapakita na ang Israel ay mula sa Sion, ang natatanging lungsod ng Diyos, ang natatanging lugar ng pagsamba kay YHWH (cf. Awit 87:7).

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Dalawang Aklat ng Diyos.

**87:7 "mga bukal"** Ang termino(BDB 745) ay ginamit sa simbolikong na kaunawaan ng mga panimula o ang pinagmumulan ng bayan ng Diyos (cf. Deuteronomio 33:28).

# AWIT 88

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Kahilingang Maligtas mula sa Kamatayan<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit. Isang Awit ng mga anak ni Korah. Para sa punong mang-aawit; ayon kina Mahalath, Leannoth. Isang Maskil ng Heman ang Ezraheo | Isang Pagsamo ng Tulong | Desperadong Panalangin para sa Pagpapagaling ng Karamdaman | Isang Pagsamo ng Tulong | Panalangin sa Dakilang Pagkabalisa |
| 88:1-9 | 88:1-2 | 88:1-2 | 88:1-2 | 88:1-2 |
| | 88:3-7 | 88:3-7 | 88:3-7 | 88:3-5 |
| | | | | 88:6-7 |
| | 88:8-9 | 88:8-12 | 88:8-9 | 88:8-9 |
| 88:10-12 | 88:10-12 | | 88:10-12 | 88:10-12 |
| 88:13-18 | 88:13-18 | 88:13-18 | 88:13-18 | 88:13-16 |
| | | | | 88:17-18 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay ipinakilala sa
   1. isang kalipunan ng mga katanungan na nauugnay sa kaunawaan ng may-akda sa pagtanggi ng Diyos, cf. Awit 88:10-12,14. Ang Awit na ito ay natapos na walang pag-asa o ginhawa sa paningin! Ito ay isang "madilim" na Awit!
   2. isang kalipunan ng mga titulo/mga pangalan para sa kabilang buhay
      a. *Sheol*, Awit 88:3b – BDB 982, tingnan ang Natatanging Paksa: *Sheol*
      b. ang hukay, Awit 88:4a – BDB 92 I
      c. sa gitna ng mga patay, Awit 88:5a – BDB 559

d. napatay na nakahiga sa libingan, Awit 88:5b – BDB 868
e. na hindi mo na inaalaala, Awit 88:5c
f. mangahiwalay sa iyong kamay, Awit 88:5d, cf. Panaghoy 3:54
g. pinakamalalim na hukay, Awit 88:6a – BDB 1066
h. mga madilim na dako, Awit 88:6b – BDB 365
i. mga kalaliman, Awit 88:6b – BDB 846 (g, h, i ay kaagapay)
j. mga patay, Awit 88:10a – BDB 559
k. mga lumisang espiritu, Awit 88:10b – BDB 952 I
l. sa libingan, Awit 88:11a – BDB 868
m. sa lugar ng pagkawasak, Awit 88:11b – lit. *abaddon* – BDB 2
n. ang kadiliman, Awit 88:12a – BDB 365, cf. 1 Samuel 2:9; Job 10:21; 17:13; 18:18
o. lupain ng pagkalimot, Awit 88:12b – BDB 75 KAYARIAN BDB 674 (natatangi sa Awit, cf. Awit 6:5)
p. kadiliman, Awit 88:18b – BDB 365

B. Pansinin ang iba't-ibang mga salitang ginamit sa naglalarawan ng pagtanggi ng Diyos.
1. Iyong poot, Awit 88:7a – BDB 404
2. Iyong mga alon, Awit 88:7b – BDB 991, cf. Awit 42:7; 69:1,14-15; Jonas 2:3
3. Iyong itnatakuwil, Awit 88:14a – PANDIWA, BDB 276 I, KB 276, *Qal* DI-GANAP
4. ikinukubli ang Iyong mukha, Awit 88:14b – PANDIWA, BDB 711, KB 771, *Hiphil* DI-GANAP
5. Iyong mga kakilabutan, Awit 88:15b – BDB 33
6. Iyong mabangis na poot, Awit 88:16a – BDB 354
7. Iyong mga kakilabutan, Awit 88:16b – BDB 130 (tanging dito at Job 6:4)

C. Mahirap malaman mula sa maikling Awit na ito kung ang salmista ay
1. maysakit (maaaring ketong dahil sa pagtalikod ng kaniyang pamilya at mga kaibigan)
2. paghihirap mula sa kahatulan
3. damdamin sa kaunawaan ng pagiging isa
4. nakakatakot na mga kahihinatnan ng buhay

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 88:1-9**

**1 Oh Panginoon, na Diyos ng aking kaligtasan,**
**ako ay dumaing araw at gabi sa harap mo:**
**2 Masok ang aking dalangin sa iyong harapan:**
**ikiling mo ang iyong pakinig sa aking daing:**
**3 Sapagka't ang aking kaluluwa ay lipos ng mga kabagabagan,**
**at ang aking buhay ay nalalapit sa Sheol,**
**4 Ako'y nabilang sa kanila na nagsisibaba sa hukay;**
**ako ay parang taong walang lakas:**
**5 Nakahagis sa gitna ng mga patay,**
**gaya ng napatay na nakahiga sa libingan,**
**na hindi mo na inaalaala;**
**at sila ay mangahiwalay sa iyong kamay.**
**6 Iyong inilapag ako sa pinakamalalim na hukay,**
**sa mga madilim na dako, sa mga kalaliman.**
**7 Lubhang idinidiin ako ng iyong poot,**
**at iyong pinighati ako ng lahat mong mga alon. (Selah)**
**8 Iyong inilayo sa akin ang kakilala ko;**

**iyong ginawa akong kasuklamsuklam sa kanila:**
**ako ay nakulong at hindi ako makalabas,**
**9 Ang mata ko'y nangangalumata dahil sa kadalamhatian:**
**ako ay tumawag araw-araw sa iyo, Oh Panginoon,**
**aking iginawad ang mga kamay ko sa iyo.**

**88:1 "Oh Panginoon"** Ang Awit na ito gumagamit ng pangkasunduang pangalan para sa pagka-Diyos, YHWH, sa isang PANGPANAWAGAN na kaunawaan nang tatlong beses. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos.

▣ **"ang Diyos ng aking kaligtasan"** Ang titulong ito para sa pagka-Diyos (cf. Awit 24:5; 27:9) ay paglalarawan sa kung nais ng salmista na gawin ni YHWH para sa kaniya, "iligtas," "palayain," "kumilos sa kaniyang kapakanan." Ang pambungad na talatang ito ang pinaka "positibo" sa hanay ng Awit. Si YHWH ang pangkasunduang Diyos at ang salmista ay nananalangin ngunit nadadama ang walang katugunan. Nararamdaman niya na ang Diyos ang nagdulot ng may layon sa kaniyang suliranin!

▣ **"ako"** Pansinin ang bilang ng UNANG PANAUHAN PANG-ISAHAN MGA PANGHALIP at PANGALAWANG PANAUHAN NA PANG-ISAHANG MGA PANGHALIP ("Ikaw"). Ito ay isang napaka-personal na pagsamo mula sa isang mananampalataya sa kaniyang Diyos.

▣ **"ako ay dumaing"** Ang PANDIWA (BDB 858, KB 1042) ang unang sa maraming GANAP MGA PANDIWA. Ang salmista ay ipinapahayag ang kaniyang ang masikpa na pagnanahap ng Diyos ngunit Diyos ay hindi pa tumutugon (cf. Awit 88:13-18).

▣ **"araw at gabi"** Ang pariralang ito ay ang paraan ng salmista sa paghahayag ng kaniyang palagiang panalangin (cf. Awit 22:2; 25:5; 86:3).

**88:2** Ang talatang ito ay may dalawang kaagapay na mga kahalingan.

1. hayaan mong dumating ang aking panalangin sa Iyo – BDB 97, KB 112, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (cf. Awit 18:6); ang salmista ay nadama na ang kaniyang panalangin ay hindi dinidinig (cf. Awit 88:9,13,14)
2. ikiling mo ang iyong pakinig sa aking daing – BDB 639, KB 692, *Hiphil* PAUTOS (cf. Awit 17:6; 31:2; 71:2; 86:1; 102:2)

**88:3-9** Ang salmista ay nagtala ang mga kadahilanan kung bakit dapat makinig at tumugon ang Diyos (ang GANAP ay naglalarawan ng isang settled pasubali).

1. kaniyang kaluluwa (BDB 659) ay lipos (isa pang GANAP) ng mga kabagabagan, Awit 88:3a
2. kaniyang buhay (BDB 313) ay malapit (isa pang GANAP) sa *Sheol* (tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay?), Awit 88:3b
3. siya ay nabilang (isa pang GANAP) sa kanila na nagsisibaba sa hukay (cf. Awit 28:1; 143:7), Awit 88:4a
4. siya ay parang (isa pang GANAP) taong walang kalakasan (i.e., helpless, BDB 33, dito lamang sa OT; Aramaikong pautang na salita), Awit 88:4b
5. siya ay nakahagis "sa gitna ng mga patay"; ang PANG-URI na isinaling "tinalikdan" sa literal ay. "pinalaya," BDB 344, Awit 88:5a
   NKJV "natangay ng agos"
   TEV, JPSOA "pinabayaan"
   NJB "iniwang mag-isa"
   Ang MT ay may "pinalaay at tila ito tumukoy sa kalayaan mula sa lahat ng mga pananagutan ng buhay (cf. USB Text Project, p. 350).

6. siya na hindi mo na maalala (isa pang GANAP), Awit 88:5c
7. siya ay inihiwalay (isa pang GANAP) mula sa Iyong kamay, Awit 88:5d
8. siya ay Iyong inilapag (isa pang GANAP) sa pinakamalalim na hukay, Awit 88:6a
9. siya ay Iyong inilapag sa mga madilim na dako, sa mga kalaliman, Awit 88:6b
10. siya ay Iyong lubhang dinidiinan ng iyong poot (sa literal ay "dinidiinan," isa pang GANAP) Awit 88:7a (ang PANDIWA na ito BDB 701, KB 759 ay karamihang ginagamit sa sinuman na tinutulungan ni YHWH ngunit dito, ang kasalungat)
11. siya na Iyong pinighati (sa literal ay "pinuspos," isa pang GANAP) ng lahat ng Iyong mga alon, Awit 88:7b
12. siya ay Iyong inilayo sa mga kakilala (isa pang GANAP), Awit 88:8a
13. siya na kasuklamsuklam sa kanila (isa pang GANAP), Awit 88:8b
14. siya na nakakulong, Awit 88:8c
15. ang mata niya ay nangangalumata (isa pang GANAP), Awit 88:9a
16. siya ay tumatawag sa Iyo araw-araw (isa pang GANAP), cf. Awit 88:1b, 9b
17. siya na iginagawad ang mga kamay sa Iyo (i.e., panalangin, isa pang GANAP), Awit 88:9c

Pansinin ang pagsasama ng
1. mga gawa ng salmista
2. mga bagay na kaniyang inihayag na ginawa sa kaniya ng Diyos

**88:7 "Selah"** Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2.

**88:8 "kakilala"** Ito (BDB 393, KB 390) ay isang *Pual* PANDIWARI mula sa PANDIWA "makilala" (tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala). Ang katulad na anyo ay makikita din sa Awit 88:18 kasama ng
1. mangingibig – BDB 12, KB 17 *Qal* PANDIWARI
2. kaibigan – BDB 945

Ang taong ito ay nakadama ng lubusang pagkawalay mula sa Diyos at sa ibang mga tao!

**88:9** Ang Awit 88:9 ay katulad sa nilalaman ng Awit 88:1 at maaaring isang halimbawa ng *inclusio*.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 88:10-12**
**10 Magpapakita ka ba ng mga kababalaghan sa mga patay?**
**Sila bang mga yumaong espiritu ay magsisibangon, at magsisipuri sa iyo? (Selah)**
**11 Ang iyo bang kagandahang-loob ay ipahahayag sa libingan?**
**O ang iyong pagtatapat sa kagibaan?**
**12 Malalaman ba ang mga kababalaghan mo sa dilim?**
**At ang katuwiran mo sa lupain ng pagkalimot?**

**88:10-12** Ang istropang ito ay naglalarawan ng pagkalahatang pananaw sa OT ng kawalang-kagalakan, tahimik sa pag-iral ng kamalayan ng kaluluwa/tao/sarili sa kabilang buhay.
1. ang Diyos ay hindi nagpapalaya ("nagliligtas") mula sa mga patay
2. ang patay ay hindi nagpupuri Diyos (cf. Awit 6:5; 30:9; 115:17; Isaias 38:18)
3. ang katapatan ng Diyos ay hindi ipinahayag sa libingan (cf. Isaias 38:18)
4. ang mga gawa ng pagpapalaya ng Diyos (BDB 810, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kamangha-manghang Bagay) ay hindi ipinahayag sa kadiliman
5. ang katuwiran ng Diyos (i.e., ang Kaniyang mga gawa ng kaligtasan) ay hindi ipinahayag sa ang lupain ng pagkalimot

**88:10**
**NASB "ang mga yumaong espiritu"**
**NKJV, TEV "mga patay"**
**NRSV, JPSOA,**

**REB** **"ang mga tabing"**
**NJB** **"ang mga anino"**

Ito Hebreong ugat (BDB 952) ay may dalawang mga kahulugan/mga pagkakagamit.

1. lipi ng mga dambuhala (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Terminong Ginamit para sa Matataas/ Makapangyarihang Mandirigma o Mga Pangkat ng Tao) – Genesis 14:5; 15:20; Deuteronomio 2:20; 3:11; Josue 17:15; 1 Cronica 20:4
2. ang lumisan/ ang may kamalayang namatay – Job 26:5-6; Kawikaan 2:18; 9:18; 21:16; Isaias 14:9; 26:11-19; ang paggamit na ito ay karaniwang sa Karunungang Panitikan (tingnan ang Natatanging Paksa: Karunungang Panitikan)

Dahil sa Isaias 14 at Ezekiel 28, maaari itong makita bilang mga yumaong hari at makapangyarihang mga tao, ngayon ay nasa *Sheol*, na kanilang kapangyarihan at katanyagan ay nawala na. Mayroong isang detalyadong pagtalakay ng terminong ito sa NIDOTTE, vol. 3, pp. 1173-1180.

▣**"Selah"** Tingnan ang mga tala sa Awit 3:2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 88:13-18**
**13 Nguni't sa iyo, Oh Panginoon, dumaing ako,**
**at sa kinaumagahan ay darating ang dalangin ko sa harap mo.**
**14 Panginoon, bakit mo itinatakuwil ang kaluluwa ko?**
**Bakit mo ikinukubli ang iyong mukha sa akin?**
**15 Ako'y nadadalamhati, at handang mamatay mula sa aking kabataan:**
**habang aking tinitiis ang iyong mga kakilakilabot na bagay ay nakakalingat ako.**
**16 Ang iyong mabangis na poot ay dumaan sa akin;**
**inihiwalay ako ng iyong mga kakilakilabot na bagay.**
**17 Kanilang kinulong ako na parang tubig buong araw;**
**kinubkob ako nilang magkakasama.**
**18 Mangliligaw at kaibigan ay inilayo mo sa akin,**
**at ang aking kakilala ay sa dilim.**

**88:13-18** Inuulit nito ang pagbibigay-diin ng mga naunang talatang. Ang salmista ay nakakadama na pagkalayo mula sa Diyos at pamilya at mga kaibigan! Siya ay nag-iisa! Ang Awit na ito ay natapos sa kawalang-pag-asa (cf. Awit 88:14)! Hindi niya nauunawaan kung anong nangyari sa kaniya, alinman sa pisikal o espiritwal!

**88:15** Ang talata bang ito ay nagpapahiwatig na ang salmista ay nagkasakit mula sa kaniyang kabataan at malapit na sa kamatayan o ito ba ay paglalarawan ng isang pinahahabang kaunawaan ng pagtalikod ng Diyos?

Ang PANDIWA sa MT (BDB 806, KB 918, *Qal* DI-GANAP) ay nagmula sa dalawang ugat.

1. אפונה – BDB 67, alinman sa (1) "maging mahina," (2) "nalilito," o (3) "lubhang napaka"
2. פון – matatagpuan lamang dito at ang kahulugan ay di-tiyak
3. פוג – "lumaking manhid" (NET Bible)

Ang talatang ito ay mahirap isalin dahil ang MT ay may kahirapang isalin (JPSOA talababa)

LXX "at pagkatapos na maitaas,
ako ay ibinaba at naging balisa"
Peshitta "Ako ay naging mayabang, ngunit ngayon ako ay ibinaba at nadurog"

**88:18 "sa dilim"** Ang katulad na mga katinig ay maaaring mangahulugang "pagkaitan" (Peshitta). Ang JPSOA ay kinuha ng "kadiliman" ng MT at isinasalin ito bilang "hindi makita."

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Habang binabasa mo ang Awit na ito, ano ang iyong unang impresyon?
2. Ano ang suliranin ng salmista?
3. Bakit niya naramdaman na iniwan siya ng Diyos? Siya ba ay nagpahayag ng anumang pag-asa? Paano?
4. Ilarawan ang pananaw sa OT sa kabilang buhay.
5. Bakit lubhang napakasakit ng Awit 88:4?
6. Ang salmista ba ay nagpapahayag pag-asa na ang Diyos makikinig, darating, tutulong?

# AWIT 89

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kasunduan ng Panginoon kay David, at Pagdadalamhati ng Israel<br>Panimula sa MT<br>Isang Maskil ng Ethan ang Ezraneo | Pag-alaala sa Kasunduan kay David, at Pighati sa mga Nawalang Pagpapala | Isang Haring Nananalangin para sa Pagpapalaya mula sa Kaniyang mga Kaaway | Isang Imno sa Panahon ng Pambansang Kaguluhan | Imno at Panalangin sa Diyos ang Matapat |
| 89:1-4 | 89:1-2 | 89:1-2 | 89:1-4 | 89:1-2 |
| | 89:3-4 | 89:3-4 | | 89:3-4 |
| 89:5-10 | 89:5-10 | 89:5-18 | 89:5-14 | 89:5-6 |
| | | | | 89:7-8 |
| | | | | 89:9-10 |
| 89:11-18 | 89:11-18 | | | 89:11-12 |
| | | | | 89:13-14 |
| | | | 89:15-18 | 89:15-16 |
| | | | Pangako ng Diyos kay David | 89:17-18 |
| 89:19-29 | 89:19-23 | 89:19-37 | 89:19-29 | 89:19 |
| | | | | 89:20-21 |
| | | | | 89:22-23 |
| | 89:24-29 | | | 89:24-25 |
| | | | | 89:26-27 |
| | | | | 89:28-29 |
| 89:30-37 | 89:30-37 | | 89:30-34 | 89:30-31 |
| | | | | 89:32-33 |
| | | | | 89:34-35 |
| | | | 89:35-37 | |
| | | | Panaghoy mula sa Pagkakatalo ng Hari | 89:36-37 |
| 89:38-45 | 89:38-45 | 89:38-45 | 89:38-45 | 89:38-39 |
| | | | | 89:40-41 |
| | | | | 89:42-43 |
| | | | | 89:44-45 |
| 89:46-48 | 89:46-48 | 89:46-48 | 89:46-48 | 89:46-48 |
| 89:49-51 | 89:49-51 | 89:49-51 | 89:49-51 | 89:49-51 |
| 89:52 | 89:52 | 89:52 | 89:52 | 89:52 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakababahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay pinaninindigan ang palagian pagpili ni YHWH kay Abraham at kaniyang mga supling sa pamamagitan ng kasunduang pangako (cf. Genesis 12:1-3; 15:12-21). Ang mga kasunduang pangako ay lubusang naisabuhay kay David at kaniyang maharlikang binhi ni Judah (cf. 2 Samuel 7; 1 Mga Hari 8:16).

B. Si YHWH ang manlilikha at tagapanatili ng Kaniyang bayan (Awit 89:11-18). Siya ang pinuno ng makalangit na konseho (Awit 89:5-10,19), na umiiral upang isakatuparan ang Kaniyang mga layunin.

C. Ngunit isang trahedya ang naganap: ang Kaniyang bayan at kanilang mga pinuno ay hindi matapat, hindi masunurin (Awit 89:38- 45). Ngayon ay may suliranin.
   1. Diyos ay gumawa ng mga pangako
   2. ang Kaniyang bayan ay nabigo

   Ano ang Kaniyang gagawin (Awit 89:46-48,49-51)?

D. Ito ay nakakawili sa Awit na ito, di tulad sa karamihan ng Awit, ay hindi nakatuon sa Herusalem (ngunit ang Awit 89:1- 2,15 ay nagpapahiwatig ng pagsamba sa tempolo) at ang templo, ngunit sa binhi ni David. Ito ay tiyak na kinuha sa 2 Samuel 7, na tungkol sa kapwa
   1. ang pagtatayo ng templo
   2. ang pagpapatuloy ng dinastiya ni David

   Number 1 ay hindi nga tiyak na binanggit sa Awit na ito.

E. Isa lamang tala tungkol sa kung paano ipapaliwanag ng NT ang mga pangako sa OT sa Israel. Pakitingnan ang aking mga komentaryo sa internet (www.freebiblecommentary.org) sa taga-Roma 2:28-29; 9:6; taga-Galacia 3:7-9,26; 6:16; 1 Pedro 3:6! Ang NT ay may malawak na mga pangako ng Diyos sa isinama sa lahat ng mga anak ni Adan (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

F. Sa teolohikong pag-iigting sa pagitan ng may pasubali at walang pasubaling kasunduan mga pangako, tingnan ang mga tala sa Awit 89:30-37.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

| |
|---|
| **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 89:1-4**<br>**1 Aking aawitin ang kagandahang-loob ng Panginoon magpakailan man:**<br>**aking ipababatid ng aking bibig ang iyong pagtatapat sa lahat ng sali't saling lahi.**<br>**2 Sapagka't aking sinabi, Kaawaan ay matatayo magpakailan man:**<br>**ang pagtatapat mo ay iyong itatatag sa mga kalangitlangitan.**<br>**3 Ako'y nakipagtipan sa aking hirang,**<br>**aking isinumpa kay David na aking lingkod;**<br>**4 Ang binhi mo ay itatatag ko magpakailan man,**<br>**at aking itatayo ang luklukan mo sa lahat ng sali't saling lahi. (Selah)** |

**89:1-4** Ang istropang ito sa NASB ay hinati sa dalawang istropa (Awit 89:1-2, 3-4) by NKJV, NRSV, NJB dahil mayroong dalawang tagapagsalita.

1. ang salmista sa Awit 89:1-2
   a. Aking aawitin – BDB 1010, KB 1479, *Qal* PANGPANGKAT
   b. Aking ipababatid – BDB 393, KB 390, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
   c. Aking sinabi. . . – BDB 55, KB 65, *Qal* GANAP
2. si YHWH mismo sa Awit 89:3-4
   a. Ako ay nakipagkasundo sa aking hirang – BDB 503, KB 500, *Qal* GANAP
   b. aking isinumpa – BDB 989, KB 1396, *Niphal* GANAP
   c. aking itatatag – BDB 465, KB 464, *Hiphil* DI-GANAP
   d. aking itatayo – BDB 124, KB 139, *Qal* GANAP na may *waw* (na nauugnay sa MGA GANAP sa a at b)

**89:1** Mayroong tatlong mga salita na makikita nang maraming beses sa Awit na ito.

1. kagandahang-loob, Awit 89:1,2,14,24,28,33,49 – tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*)
2. magpakailan man, Awit 89:1,2,4,28,37,52 – tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*)
3. katapatan, Awit 89:1,2,5,8,24,33,49 – tingnan ang Natatanging Paksa: Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT

Kanilang itatatag ang pag-asa ng Israel sa panawagan, biyaya, pagkalinga, at pagtustos ng Diyos magpakailan man.

Ang terminong "magpakailan man" ay kaagapay sa "lahat ng mga salin-lahi" (Awit 89:1b, 4b).

**89:3 "kasunduan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan.

▣ **"Aking hirang. . .David"** Ito maaaring ay tumutukoy sa

1. ang pagpili kay David bilang hari na higit kay Saul, 1 Samuel 16; 2 Samuel 7:8
2. ang pangako kay David tungkol sa kaniyang mga supling, 2 Samuel 7:12-17

▣ **"Aking lingkod"** Ito ay nagiging isang paggalang na titulo (ilang mga halimbawa).

1. Moises – Bilang 12:7; Josue 1:2
2. Josue – Mga Hukom 2:8
3. David – 1 Mga Hari 8:24,25,26; Awit 89:20
4. Solomon – 1 Mga Hari 8:28
5. Mesias – Isaias 42:1; 52:13-53:12
6. Israel – Isaias 41:8; 42:19; 43:10; 44:1,21

**89:4** Ito ay isang pagkabanggit sa 2 Samuel 7. Ang Awit na ito ay may maraming mga pagkabanggit sa pangako ni YHWH kay David at sa kaniyang mga supling.

1. Awit 89:4 – 2 Samuel 7:13,16
2. Awit 89:22 – 2 Samuel 7:10
3. Awit 89:23 – 2 Samuel 7:9
4. Awit 89:29 – 2 Samuel 7:13,16
5. Awit 89:33 – 2 Samuel 7:15
6. Awit 89:35 – 2 Samuel 7:8-17

▣ **"ang luklukan mo sa lahat ng sali't-saling lahi"** Ang katulad na pangako ay ginawa sa Isaias 9:7; Daniel 2:44; 7:14,18,27; Lucas 1:33. Si YHWH ay may isang walang-hanggan pangkatubusang plano para sa lahat ng mga tao. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

Ang terminong "mga salin-lahi" ay ginamit sa

1. pangako kay Noah – Genesis 9:12
2. pangako kay Abram – Genesis 17:7,9
3. pangako kay Israel – Deuteronomio 7:9
4. pangako kay David – Awit 89:4 (na ipinapakilala ang 2 Samuel 7:13,16)

▣ **"Selah"** Ito ay makikita sa pagtatapos ng Awit 89:4, 37, 45, 48. Kadalasang itong nagsisilbing pagtatapos ng isang istropa. Sa kahulugan ng salita (BDB 699) tingnan ang tala sa internet sa Awit 3:2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 89:5-10**

**5 At pupurihin ng langit ang iyong mga kababalaghan, Oh Panginoon;**
**ang pagtatapat mo naman sa kapulungan ng mga banal.**
**6 Sapagka't sino sa langit ang maitutulad sa Panginoon?**
**Sino sa gitna ng mga anak ng makapangyarihan ang gaya ng Panginoon,**
**7 Isang Diyos na kakilakilabot sa kapulungan ng mga banal,**
**at kinatatakutan ng higit sa lahat na nangasa palibot niya?**
**8 Oh Panginoong Diyos ng mga hukbo, sino ang makapangyarihang gaya mo, Oh JAH?**
**At ang pagtatapat mo ay nasa palibot mo.**
**9 Iyong pinagpupunuan ang kapalaluan sa dagat:**
**pagka nagsisibangon ang mga alon niyaon ay pinatatahimik mo.**
**10 Iyong pinagwaraywaray ang Rahab na parang napatay;**
**iyong pinangalat ang iyong mga kaaway ng bisig ng iyong kalakasan.**

**89:5-10** Ang istropang ito ay may dalawang paksa.

1. si YHWH ang pinuno ng maka-anghel na konseho (Awit 89:5-8)
   a. ang mga langit – kinakatawan ang konseho ng mga anghel, Awit 89:5a
   b. ang kapulungan ng mga banal, Awit 89:5b – BDB 874 KAYARIAN BDB 872
   c. ang mga anak ng mga diyos, Awit 89:6 – BDB 119 KAYARIAN BDB 42, tingnan ang mga tala sa Awit 29:1 at 82:1
   d. ang konseho ng mga banal, Awit 89:7a – BDB 691 KAYARIAN BDB 872
   e. lahat ng nakapalibot sa Kaniya, Awit 89:7b
   f. para sa isang mabuti pagtalakay ng Hebreong terminolohiya, tingnan si Millard Erickson, *Christian Theology*, 2nd ed., p. 412
2. si YHWH bilang manlilikha (i.e., over watery chaos) at banal na mandirigma para sa Israel (i.e., laban sa Ehipto at Canaan, Awit 89:9-10)

Mayroong dalawang mga Natatanging Paksa na makakatulong na bigyang-linaw ang paggamit ng "anak"

1. Natatanging Paksa: Ang Anak ng Diyos
2. Natatanging Paksa: Ang Mga Anak ng Diyos (Genesis 6)

Tingnan din ang pinakamahusay na artikulo sa NIDOTTE, vol. 1, pp. 671-677, lalo na ang 676.

**89:5 "ang langit"** Ito ay alinman sa
1. isang pagkakatawan sa
   a. mundo
   b. kinalalagya ng Diyos (kaagapay sa "sino ang nasa himpapawid")
2. isa pang paraan upang tumukoy sa pang-anghel na konseho (tingnan ang tala sa itaas)

▣ **"Oh Panginoon"** Pansinin ang bilang ng mga pangalan/mga titulo para sa pagka-Diyos sa istropang ito.
1. Panginoon, Awit 89:2, 5, 6 (dalawang beses), 8 – YHWH
2. Diyos, Awit 89:7 – *El*
3. Diyos ng mga hukbo, Awit 89:8 – *Eloah Sabaoth*
4. Oh makapangyarihang Panginoon, Awit 89:8 – *Yah* (cf. Awit 68:4); ang PANG-URI "makapangyarihang" (BDB 340) ay matatagpuan lamang dito sa OT

**89:6-8** Ang mga katanungang ito ay kadalasang ginamit sa dalawang kaunawaan.
1. isang patunay ng monoteismo, tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo
2. isang paraan ng pagpapababa ng mga paganong idolo (maaaring Awit 82:1)

**89:8 "ang pagtatapat mo ay nasa palibot mo"** Ang pariralang ito ay mahirap maunawaan. Ang ilang posibilidad:
1. katapatan ay tulad ng isang damit na ibinalot kay YHWH
2. Siya ay matapat sa lahat ng mga bagay (TEV)
3. Siya ay hindi nagbabago (NJB, i.e., sa Kaniyang salita)

**89:10 "Rahab"** Ito (BDB 923) maaaring umukoy sa
1. ang pantubig na dambuhala ng *chaos* (cf. Awit 74:12-17, i.e. mga tala ng paglalang sa Babilonya, tingnan ang aking mga tala sa internet sa Panimula ng Genesis 1-11)
2. Ehipto (i.e., ang pagkatalo nito kay YHWH at ang exodo, cf. Isaias 51:9-11)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 89:11-18**

**11 Ang langit ay iyo, ang lupa ay iyo rin:**
**ang sanglibutan at ang buong narito ay iyong itinatag,**
**12 Ang hilagaan at ang timugan ay iyong nilikha;**
**ang Tabor at ang Hermon ay nangagagalak sa iyong pangalan.**
**13 Ikaw ay may makapangyarihang bisig:**
**malakas ang iyong kamay, at mataas ang iyong kanang kamay.**
**14 Katuwiran at kahatulan ay patibayan ng iyong luklukan:**
**kagandahang-loob at katotohanan ay nagpapauna sa iyong mukha.**
**15 Mapalad ang bayan na nakakaalam ng masayang tunog:**
**sila ay nagsisilakad, Oh Panginoon, sa liwanag ng iyong mukha.**
**16 Sa iyong pangalan ay nangagagalak sila buong araw:**
**at sa iyong katuwiran ay nangatataas sila.**
**17 Sapagka't ikaw ang kaluwalhatian ng kanilang kalakasan:**
**at sa iyong lingap ay matataas ang aming sungay.**
**18 Sapagka't ang aming kalasag ay ukol sa Panginoon;**
**at ang aming hari ay sa banal ng Israel.**

**89:11-18** Ang istropang ito ay nagpupuri kay YHWH at ipinapahayag kung gaano kapalad ang Kaniyang bayan.

1. si YHWH
   a. ang mga langit ay sa Kaniya
   b. ang mundo ay Kaniyang dahil Siya ang nagtatag nito (i.e., si YHWH bilang manlilikha, cf. Awit 24:1-2; 78:69b; 102:25; Isaias 51:13,16)
   c. ang hilaga at timog ay nilikha Niya (paglalarawan na katulad sa Job 26:7)
   d. ang mga bundok ng Tabor at Hermon ay nagpapakilala at sumisigaw ng Kaniyang pangalan (cf. Awit 65:12; 98:8)
   e. ang Kaniyang kapangyarihan (i.e., kamay o bisig, cf. Awit 89:10, tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay) na kumilos ay papapurihan
      (1) Siya ay may isang malakas na bisig
      (2) ang Kaniyang kamay ay makapangyarihan
      (3) ang Kaniyang kanang kamay ay itinataas
   f. apat sa Kaniyang mga katangian ay ipinakilala bilang nagtatangi sa Kaniyang persona at paghahari (cf. Awit 97:2)
      (1) katuwiran (tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran)
      (2) katarungan (tingnan ang Natatanging Paksa: Hukom, Katarungan, Kahatulan)
      (3) kagandahang-loob (tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*])
      (4) katotohanan/katapatan (tingnan ang Natatanging Paksa: Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT)
   g. Siya ay "ang Isang Banal ng Israel" (cf. Awit 71:22; 78:41: Isaias 1:4; tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Isang Banal)
2. ang Kaniyang bayan
   a. mapalad isang nakakarinig ng trumpeta (i.e., pagsamba sa templo)
   b. sila ay nagsisilakad sa liwanag ng iyong mukha (sa literal ay "mukha," na nagpapakilala ang personal na presensiya ni YHWH, cf. Awit 90:8)
   c. Sa iyong pangalan ay nangagagalak sila buong araw (i.e., pagsambang kalagayan o panghukbong tagumpay)
   d. itinatas ng katuwiran ni YHWH (i.e., banal na katangian at kapahayagan)
   e. si YHWH ay kanilang kaluwalhatian at kalakasan (cf. Awit 28:8)
   f. sungay (i.e., kapangyarihan, katanyagan)
   g. pagkalinga (sa literal ay "kalasag") ay si YHWH (cf. Awit 47:9)
   h. ang hari rin ay kay YHWH

Ang PANGHALIP na "atin" sa Awit 89:17-18 ay nagpapakita na si YHWH ay gumagamit ng hari ng Israel bilang Kaniyang "nagtatanggol/ matagumpay na sungay at kalasag" (i.e., f-h).

**89:12 "Ang hilagaan at ang timugan"** Ito ay maaari na ang dalawang termino ay mga pangalan ng dalawang pang bundok (i.e., Zaphon, i.e., ang pangalan ng Bundok ni *Ba'al*, hilaga ng Ugarit; at Yamin o ang pag-aayos na kaugnay ng Amana, isang bundok sa katimugang Turkey, cf. Awit ni Solomon 4:8). Ito ay bumubuo ng pagkakaagapay sa Tabor at Hermon.

Karamihan ng mga tagapagpaliwanag ay kinukuha sila bilang magkasalungat na mga dako ng kompas na nagpapakita ng pangkalahatang pamumuno bilang manlilikha.

**89:16 "Iyong pangalan. . .Iyong katuwiran"** Ang mga ito ay makakaagapay at kapwa tumutukoy kay YHWH mismo.

**89:17 "sungay"** Ito ay isang wikain ng kapangyarihan (cf. Awit 75:10; 89:24; 92:10; 148:14), na kinuha mula sa mga hayop.

**89:18 "kalasag. . .hari"** Ang mga ito ay maaaring kapwa tumukoy kay YHWH o sila ay maaaring

tumukoy sa Davidikong hari (cf. Awit 89:19-29; Awit 84:10), pinahiran ng Diyos upang isakatuparan ang Kaniyang mga layunin.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 89:19-29**

**19 Nang magkagayo'y nagsalita ka sa pangitain sa iyong mga banal,**
**at iyong sinabi, Aking ipinagkatiwala ang saklolo sa isang makapangyarihan;**
**Aking itinaas ang isang hirang mula sa bayan.**
**20 Aking nasumpungan si David na aking lingkod;**
**Aking pinahiran siya ng aking banal na langis:**
**21 Na siyang itatatag ng aking kamay;**
**palakasin naman siya ng aking bisig.**
**22 Hindi dadahas sa kaniya ang kaaway;**
**ni dadalamhatiin man siya ng anak ng kasamaan.**
**23 At ibubuwal ko ang kaniyang mga kaaway sa harap niya,**
**at sasaktan ko ang nangagtatanim sa kaniya.**
**24 Nguni't ang pagtatapat ko at ang kagandahang-loob ko ay sasa kaniya;**
**at sa pangalan ko'y matataas ang kaniyang sungay.**
**25 Akin namang ilalapag ang kaniyang kamay sa dagat,**
**at ang kaniyang kanan ay sa mga ilog.**
**26 Siya'y dadaing sa akin, Ikaw ay Ama ko,**
**Diyos ko, at malaking bato ng aking kaligtasan.**
**27 Akin namang gagawin siyang panganay ko,**
**na pinakamataas sa mga hari sa lupa.**
**28 Ang kagandahang-loob ko'y aking iingatan sa kaniya magpakailan man,**
**at ang kasunduan ko'y mananayong matibay sa kaniya.**
**29 Ang kaniya namang binhi ay pananatilihin ko magpakailan man,**
**at ang luklukan niya'y parang mga araw ng langit.**

**89:19-29** Ang istropang ito ay tiyakang tumutukoy kay Haring David at kaniyang maharlikang mga supling ng Judah (cf. 2 Samuel 7). Siya ay nagiging isang tipo/ simbolo ng Mesias (tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias).

Si YHWH ay nagsalita sa Kaniyang bayan (sa literlal, Iyong Isang Banal/Matapat [BDB 339]) tungkol sa Kaniyang natatanging pagpili para sa Hari ng Israel (Awit 89:19).

1. siya ay itinaas, Awit 89:19
2. siya ay hinirang mula sa bayan, Awit 89:19
3. siya ay nasumpungan, Awit 89:20
4. siya ay pinahiran ng banal na langis, Awit 89:20 (cf. 1 Samuel 16:1-13; ang Hebreong PANDIWA kung saan nagmula ang titulong “Mesias,” tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Titulo sa OT para sa Isang Natatanging Darating)
5. siya ay naitatag, Awit 89:21
6. siya ay pinalakas, Awit 89:21
7. siya ay hindi madadahas (BDB 674 II) o madadalamhati, Awit 89:22
8. ang kaniyang mga kaaway ay ibubuwal, Awit 89:23
9. ang ipinapakilalang mga katangian ni YHWH (i.e., katapatan at kagandahang-loob) ay sasamaha siya, Awit 89:24
10. ang pangalan ni YHWH ang magtatas ng kaniyang sungay, Awit 89:24
11. siya ay mamamahala kaniyang nasasakupan, Awit 89:25 (i.e., mula sa ang Mediterraneo patungo sa Ilog Euphrates, cf. Exodo 23:31; Deuteronomio 1:7-8)
12. siya ay tatawag sa Diyos sa pinakamalapit na mga paraan, Awit 89:26
    a. aking Ama (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagiging Ama ng Diyos at Natatanging Paksa: Ama)

b. aking Diyos (*El*)
c. ang bato ng aking kaligtasan (cf. Awit 95:1)

13. sa kaniya itatalaga (walang kasariang salin-lahi) ang paggalang na titulo “Aking panganay” (cf. 2 Samuel 7:14; 1 Cronica 17:13; 22:10; 28:6; Awit 2:7), Awit 89:27
14. siya ang pinakamataas sa mga hari sa lupa (cf. Awit 72:11, maliwanag na isang pang-Mesias na titulo, cf. 1 Timoteo 6:15; Pahayag 1:5; 17:14; 19:16, isang titulo para kay YHWH mula sa Daniel 2:47; ang kaharian ay magiging pangkalahatan, cf. Mikas 5:4), Awit 89:27
15. tulad ng #9, isa pang pinapakilalang katangian ni YHWH, iingatan siya magpakailan man, Awit 89:28
16. ang kasunduan ni YHWH na mananayong matibay sa kaniya, Awit 89:28 (cf. Awit 89:3,34)
17. ang kaniyang mga binhi ay pananatilihin at maghahari magpakailan man, Awit 89:29 (cf. Awit 89:4; 2 Samuel 7)

**89:19 “Nang magkagayo’y nagsalita ka sa pangitain”** Ito ay tumutukoy kay Nathan na nagsasalita kay David sa 2 Samuel 7:14-17.

▣ **“Aking ipinagkatiwala ang saklolo”** Ang PANDIWA (BDB 1001, KB 1438, *Piel* GANAP) ay nangangahulugang itakda o italaga.

Ang salitang “kalahati” (עזר, BDB 740 I) ay nauunawaan ng ilang mga tagapagsalin bilang

1. “putong” – Godspeed
2. “korona” – NRSV, NAB

Ang terminong “korona” ay kinapapalooban ng isang pag-aayos sa MT, sa pagbabago ng unang titik, i.e., נזר, BDB 634, cf. Exodo 29:6; 39:30; Levitico 8:9; 21:12; 2 Samuel 1:10; 2 Mga Hari 11:12; Awit 89:39; 132:18; Kawikaan 27:24; Zacarias 9:16.

Ang UBS Text Project ay binibigyan ang “saklolo” isang A na antas (napakataas na pagkakataon, p. 354).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 89:30-37**

**30Kung pabayaan ng kaniyang mga anak ang kautusan ko,**
**at hindi magsilakad sa aking mga kahatulan;**
**31Kung kanilang salangsangin ang mga palatuntunan ko,**
**at hindi ingatan ang mga utos ko;**
**32Kung magkagayo'y aking dadalawin ng pamalo**
**ang kanilang mga pagsalangsang, at ng mga hampas ang kanilang kasamaan.**
**33Nguni't ang aking kagandahang-loob ay hindi ko lubos na aalisin sa kaniya,**
**ni akin mang titiisin na ang pagtatapat ko'y magkulang.**
**34Ang kasunduan ko'y hindi ko sisirain,**
**ni akin mang babaguhin ang bagay na lumabas sa aking mga labi.**
**35Minsan ay sumampa ako sa pamamagitan ng aking kabanalan.**
**Hindi ako magbubulaan kay David;**
**36Ang kaniyang binhi ay mananatili magpakailan man;**
**at ang kaniyang luklukan ay parang araw sa harap ko.**
**37Matatatag magpakailan man na parang buwan,**
**at tapat na saksi sa langit. (Selah)**

**89:30-37** Ang istropang ito ay nakakagulat na pag-iiba sa mga kahanga-hangang mga plano at mga layunin ni YHWH para sa Kaniyang bayan (tingnan ang “kung” sa Awit 89:30 at 31).

1. pinabayaan nila ang Kaniyang kautusan, Awit 89:30
2. hindi sila nagsilakad sa Kaniyang mga kahatulan, Awit 89:30
3. sinalangsan nila ang Kaniyang mga palatuntunan, Awit 89:31

4. hindi nila iningatan ang Kaniyang mga utos, Awit 89:31

Ngayon, si YHWH ay gumawa ng isang kalipunan ng mga pahayag tungkol sa kaniyang gagawin at hindi gagawin, kahit na maliwanag nag pagkabigo ng Israel na maging matapat. Siya ay matapat!

1. aking dadalawin ng pamalo ang kanilang mga pagsalangsang, Awit 89:32
2. ngunit ang aking kagandahang-loob ay hindi ko lubos na aalisin, Awit 89:33
3. ngunit aking titiisin na ang pagtatapat ko ay magkulang, Awit 89:33
4. hindi ko sisirain ang aking sariling kasunduan, Awit 89:34
5. hindi ko titiisan ang aking mga salita, Awit 89:34
6. Minsan ay sumampa ako, hindi ako magbubulaan kay David, Awit 89:35
   a. kaniyang mga supling (sa literal ay "binhi") ay mananatili magpakailan man, Awit 89:36
   b. kaniyang trono ay matatag tulad ng araw, buwan, himpapawid, Awit 89:36b-37 (para sa mataag na ayos ng paglalang tingnan ang Jeremias 31:35-37)

Inilalarawan nito ang pag-iigting sa pagitan ng may pasubali at walang pasubaling mga pangako. Aking tinalakay ang isyung ito sa dalawang lugar.

1. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan
2. Mahalagang Panimula sa Pahayag, tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Prediskyon ng OT sa Hinanarap laban sa Mga Prediksyon ng NT, lalo na ang "pangatlong pag-iigting"

Ang katulad na pag-iigting sa pagitan ng isang may pasubali at walang pasubaling pangako ay ay mailalarawan sa pag-iiba sa pagitan ng mga madiding payahag ni Isaias sa Herusalem ay hindi kailanman babagsak (Isaias 37) at ang pagpipilit ni Jeremias na ito ay babagsak dahil sa pagsamba sa diyus-diyosan at kasunduang pagsuway ng Judah.

Ang pinakamainam na haka sa pangkasaysayang krisis na that kasangkot sa Awit na ito sa pagkakatapon ng Davidikong Hari, ay alinman kina Faraon Necho II o Nebuchadnezzar II. Ito ay isa lamg haka; ang Awit mismo ay hindi maliwanag na binabanggit ang pangkasaysayang kalagayan. Ang ilang uri ng maka-Diyos na kahatulan ay may epekto sa Davidikong hari.

**89:30-31 "kautusan. . .mga kahatulan. . .mga palatuntunan. . .mga utos"** Ang lahat ng ito ay mga kaagapay na termino para sa kapahayagan ni YHWH sa Banal na Kasulatan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 89:38-45**

**38 Nguni't iyong itinakuwil at tinanggihan,**
**ikaw ay napoot sa iyong pinahiran ng langis.**
**39 Iyong kinayamutan ang kasunduan ng iyong lingkod:**
**iyong nilapastangan ang kaniyang putong sa pagtatapon sa lupa.**
**40 Iyong ibinuwal ang lahat niyang mga bakod:**
**iyong dinala sa pagkaguho ang kaniyang mga katibayan.**
**41 Lahat na nagsisidaan sa lansangan ay nagsisisamsam sa kaniya.**
**Siya'y naging kadustaan sa kaniyang mga kalapit.**
**42 Iyong itinaas ang kanan ng kaniyang mga kaaway;**
**iyong pinagalak ang lahat niyang mga kaaway.**
**43 Oo, iyong ibinaligtad ang talim ng kaniyang tabak,**
**at hindi mo itinayo siya sa pakikibaka.**
**44 Iyong pinapaglikat ang kaniyang kakinangan.**
**At iyong ibinagsak ang kaniyang luklukan sa lupa.**
**45 Iyong pinaikli ang mga kaarawan ng kaniyang kabinataan:**
**iyong tinakpan siya ng kahihiyan. (Selah)**

**89:38-45** Sa liwanag ng mga kapahayagan ni YHWH tungkol sa Kaniyang katapatan sa mga

kasunduan (lalo na kina Abraham at David), Siya ay hahatol sa Kaniyang bayan para sa kanilang kasalanan (cf. Awit 89:32). Ang kahatulanng ito ay mabagsik at tile di mapapaliwanag sa Israel (kalipunan ng MGA GANAP).

1. Kaniyang itinakuwil ang Kaniyang pinahiran ng langis
2. Kaniyang tinanggihan (di-karaniwang salita, BDB 611, KB 658, cf. Panaghoy 2:7) ang Kaniyang pinahiran ng langis
3. Siya ay napoot sa Kaniyang pinahiran ng langis
4. Kaniyang kinayamuta ang kasunduan ng Kaniyang lingkod
5. Kaniyang nilapastangan ang kaniyang putong
6. Kaniyang ibinuwal ang mga bakod (ng Herusalem)
7. Kaniyang dinala sa pagkaguho ang mga katibayan
8. Kaniyang hinayaang magsasamsam ang mga dayuhan
9. siya ay naging kadustaan sa kaniyang mga kalapit
10. Kaniyang itinaas ang kapangyarihan ng kaniyang mga kaaway
11. Kaniyang pinagalak ang niyang mga kaaway
12. Kaniyang pinahintulutan siyang madaig
13. Kaniyang pinapaglikat ang kaniyang kakinangan (tingnan ang tala sa ibaba)
14. Kaniyang ibinagsak ang kaniyang luklukan sa lupa
15. Kaniyang pinaikla ang kaniyang buhay (cf. Awit 102:23)
16. Kaniyang tinakpan siya ng kahihiyan

Wow! Anong kahatulan! Salamat sa Diyos para sa Awit 89:33-37. Salamat sa Diyos para sa NT, ang ebanghelyo, ang buhay, mga katuruan, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Hesus!

**89:44**
**NASB, JPSOA**
**REB** **"kaningningan"**
**NKJV, Peshitta** **"kaluwalhatian"**
**NRSV, TEV**
**NJB** **"setro sa kaniyang kamay"**
**LXX** **"paglilinis"**

Ang termino (טהרומ, BDB 372, UBS "A" na antas) ay makikita lamang dito sa OT. Ang panimulang PANGLALAKI PANGNGALAN ay nangangahulugang "kalinawan" o "kinang," na nagmula sa PANDIWA. Ang UBS Text Project (p. 356) ay inimumungkahi na ang NASB o LXX ay sundan. Ang pag-aayos (טהמ) ng NRSV ay umaakma sa pagkakaagapay ng Awit 89:44b na mas mabuti.

**89:41-48** Ang istropang ito ay nagtatanong ng katanungan na madala inuulit sa Awit: "Hanggang kailan?" (cf. Awit 6:3; 13:1; 74:10; 79:5; 80:4; 90:13; 94:3).

Ang natatanging aspeto ng istropang ito ay hindi ang mga katanungan ngunit ang mga kadahilanan na binigay kay YHWH upang kumilos (Awit 89:47-51).

1. alalahanin (*Qal* PAUTOS) ang karupukan ng pag-iral ng tao, Awit 89:47-48
2. alalahanin (*Qal* PAUTOS) ang Iyong kagandahang-loob at matapat na mga sumpa kay David
3. tandaan ang paninisi sa Iyong bayan ng mga bansa
4. tandaan na ang Iyong pinahiran ng langis ay sinisisi

Mayroong isang mas malawak na pangkatubusang plano na kinapapalooban ng Israel at kaniyang Mesias. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 89:46-48**
**46 Hanggang kailan, Oh Panginoon,**
**magkukubli ka magpakailan man?**
**Hanggang kailan magniningas ang iyong poot na parang apoy?**
**47 Oh alalahanin mo kung gaano kaikli ang aking panahon:**

**sa anong pagkawalang kabuluhan nilalang mo ang lahat ng mga anak ng mga tao.**
**48 Sinong tao ang mabubuhay at hindi makakakita ng kamatayan,**
**na magliligtas ng kaniyang kaluluwa sa kapangyarihan ng Sheol? (Selah)**

**89:46 "apoy"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 89:49-51**
**49 Panginoon, saan nandoon ang iyong dating mga kagandahang-loob,**
**na iyong isinumpa kay David sa iyong pagtatapat?**
**50 Alalahanin mo Panginoon, ang kadustaan ng iyong mga lingkod;**
**kung paanong taglay ko sa aking sinapupunan**
**ang pagdusta ng lahat na makapangyarihang bayan;**
**51 Na idinusta ng iyong mga kaaway, Oh Panginoon,**
**na kanilang idinusta sa mga bakas ng iyong pinahiran ng langis.**

**89:49 "Panginoon"** Ito ang terminong *Adon* (i.e., Panginoon, owner, master). Pansining ito ay muling makikita sa Awit 89:50, ngunit si YHWH sa Awit 89:51. Ang kasunduan pangalan para sa Diyos ay nangingibabaw sa Awit na ito (5 beses).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 89:52**
**52 Purihin ang Panginoon, magpakailan man.**
**Siya nawa, at Siya nawa.**

**89:52** Ang Diyos ay gagawin itong posible! Siya ay kapwa matuwid at mahabagin. Siya ay magiging totoo sa Kaniyang salita!

Ang pariralang itong ito ay hindi bahagi ng Awit 89 ngunit ng pangwakas na doxolohiya ng Aklat III ng Salmo (i.e., ibang aklat ay mayroon ding pangwakas na doxolohiya, Awit 4:14; 72:18-19; 106:48).

▣ **"Amen"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Amen.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Basahin ang Awit na ito bilang isang kabuuan; ano ang paksa ng Awit?
2. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng isang walang pasubaling kasunduan at isang may pasubaling kasunduan.
3. Bigyang kahulugan ang "kagandahang-loob" at "katapatan."
4. Paano maiuugnay ang Awit na ito sa 2 Samuel 7?
5. Gumagamit ba ang OT ng mitolohiyang Mesopotamia, Ehipsiyo, at Cananeo? Kung gayon, bakit?

6. Paanong ang hari ng Israel ay isang anak ng Diyos?
7. Ang Awit bang ito ay may isang pang-Mesias na aspeto?  Kung gayon, paano?

# AWIT 90

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kawalang-hanggan ng Diyos at Madaling Lumipas ng Tao<br>Panimula sa MT<br>Isaing Panalangin ni Moises ang tao ng Diyos | Ang Kawalang-hanggan ng Diyos at Kahinaan ng Tao | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa Pambansang Kaaway | Ng Diyos at mga Tao | Sa Kahinaan ng Tao |
| 90:1-2 | 90:1-2 | 90:1-2 | 90:1-2 | 90:1 |
| | | | | 90:2 |
| 90:3-6 | 90:3-6 | 90:3-6 | 90:3-6 | 90:3-4 |
| | | | | 90:5-6 |
| 90:7-12 | 90:7-12 | 90:7-10 | 90:7-8 | 90:7-8 |
| | | | 90:9-10 | 90:9-10 |
| | | 90:11-12 | 90:11-12 | 90:11 |
| | | | | 90:12-13 |
| 90:13-17 | 90:13-17 | 90:13-17 | 90:13-17 | |
| | | | | 90:14-15 |
| | | | | 90:16-17 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay naghahayag ng pagkawalang-hanggan ni YHWH (i.e., Awit 90:1-2, 4) at pagkapansamantala ng sangkatauhan (i.e., Awit 90:3, 5-6, 9-10).

B. Ang mga kasalanan ng Israel (i.e., Awit 90:8) ay nagdulot kay YHWH na dalhin ang kahatulan sa Kaniyang bayan (i.e., Awit 90:7,9,11). Sila ay nananalangin para sa bumalik ang kaniyang kahabagan (i.e., Awit 90:12, 13-17).

C. Ang Awit na ito ay maraming mga salita ginamit sa mga dalawahan.
   1. bumalik, magbalik – BDB 996, KB 1427, *Hiphil* DI-GANAP at samakatuwid *Qal* PAUTOS, Awit 90:3
   2. magalak. . .maging magalak tayo – BDB 970, KB 1333, *Qal* PANGPANGKAT at samakatuwid *Piel* PAUTOS
   3. nakita. . . makikita – BDB 906, KB 1157, *Qal* GANAP, samakatuwid *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   4. patunayan. . .pagtibayin – BDB 465, KB 464, kapwa *Polel* MGA PAUTOS

D. Nakakagulat na sa panimulang tala ng MT, ay may Moises bilang may-akda. Ang mga talang ito ay hindi makikita Dead Sea Scrolls ngunit sila ay makikita sa Septuagint. Sila ay mga sinaunang pang-Hudyong tradition ngunit hindi orihinal na bahagi ng kinasihang teksto. Ang maaaring dahilan na ang Awit na ito ay kinilala si Moises ay
   1. maliwanag na pagkabanggit sa Genesis 3:19 (i.e., iba't-ibang mga salita para sa alikabok ngunit katulad na konsepto)
   2. maaring pagkabanggit sa pagitan ng
      a. Awit 90:2, "paglilikha" at Deuteronomio 32:6,18
      b. Awit 90:2, ang kawalang-hanggan ng Diyos at Deuteronomio 32:40
      c. Awit 90:13b, pagkahahabag at Deuteronomio 32:36
   3. Sa Aklat IV ng Awit, ang pangalan ni Moises ay makikita nang maraming beses (cf. Awit 99:6; 103:7; 105:26; 106:16,23,32) at minsan lamang sa unang tatlong Aklat (i.e., Awit 77:20).

      Sa buong ikaapat na paghahati ng Salmo (Awit 90-106) tatlo lamang ang Awit na mayroong ibinigay na tradisyunal na may-akda.
      a. Awit 90, si Moises
      b-c. ang Awit 103 at 104 ay ibinibilang kay David
      Ang LXX ay ibinibilang ang lahat ng maliban sa Awit 90 kay David.

E. Ang Awit na ito ay may maraming mga salita (at mga parirala) na nagpapakilala ng panahon.
   1. sa lahat ng sali't saling lahi, Awit 90:1
   2. mula sa walang pasimula hanggang sa walang hanggan, Awit 90:2
   3. isang libong taon, Awit 90:4
   4. kahapon, Awit 90:4
   5. pagpupuyat sa gabi, Awit 90:4
   6. sa kinaumagahan, Awit 90:5,6,14
   7. sa kinahapunan, Awit 90:6
   8. lahat naming kaarawan, Awit 90:9,14
   9. aming mga taon na parang isang buntong hininga, Awit 90:9
   10. ang mga kaarawan ng aming mga taon, Awit 90:10
   11. pitong pung taon, Awit 90:10
   12. walong pung taon, Awit 90:10
   13. pagbilang ng aming mga kaarawan, Awit 90:12
   14. hanggang kailan pa, Awit 90:13
   15. ayon sa mga kaarawan, Awit 90:15
   16. mga taon na aming ikinakita ng kasamaan, Awit 90:15

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 90:1-2**
**[1]Panginoon, ikaw ay naging tahanang dako namin sa lahat ng sali't saling lahi.**
**[2]Bago nalabas ang mga bundok,**
**O bago mo nilikha ang lupa at ang sanglibutan,**
**mula nga ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan, ikaw ang Diyos.**

**90:1-2** Ang istropang ito ay nagpapakilala ng tatlong teolohikong katotohanan.

1. ang Israel sa nakalipas at sa kasalukuyan ay natatanging bayan ni YHWH (i.e., mula pa noong si Abraham sa Genesis 12:1-3).
2. si YHWH ang walang-hanggan Diyos, walang simula, walang wakas (cf. Awit 9:7; 29:10; Isaias 41:4; 43:10; 44:6; 48:12; Jude v. 25; Pahayag 1:8,17; 21:6; 22:13; tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo).
3. si YHWH ang manlilikha ng pisikal na mundo para sa Kaniyang sariling mga layunin (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

**90:1 "Panginoon"** Ang NASB 1970 na edisyon ay may "PANGINOON" (i.e., YHWH) ngunit ang MT ay may *Adon* (cf. Awit 90:17). Ang NASB 1995 na edisyon ay itinama ito. Ang NKJV, TEV, at REB also ay mayroong PANGINOON (YHWH), na matatagpuan sa Awit 90:13.

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV "tahanang dako"**
**TEV "tahanan"**
**NJB, JPSOA,**
**REB, LXX "kublihan"**

Ang MT ay may "mga tahanang dako" (מעון, BDB 732 I, cf. Awit 71:3). Ang NASB margin ay binabanggit ang "dako ng kanlungan" (מעוז, BDB 731, cf. Awit 27:1; 37:40) bilang isang sinaunang opsyon. Kapwa mga konsepto ay binanggit nang magkasama sa Awit 91:9 sa pagkakaagapay.

**90:2** Ang unang dalawa na patulang linya ay nagpapakilala sa pisikal na paglalang sa mga termino ng mga talinghaga sa pagsilang ng tao.

1. isinilang, cf. Job 15:7; Kawikaan 8:25
2. nagsilang, sa literal "mamilipit sa saking ng panganganak," BDB 297, *Polel* #2; ito ay ginamit ni YHWH sa pagsilang sa Israel sa Deuteronomio 32:6,18

▣ **"lupa…sanglibutan"** Sila ay magkaagapay at walang nilalayong pagkakaiba (cf. Awit 19:4; 24:1; 33:8; 77:18). Ako ay hindi sumasang-ayon ang ang pangalawang salita ay para sa sanlibutan. Ang Bible ay tungkol sa planetang ito. Para sa paunang salita, tingnan ang Natatanging Paksa: Lupain, Bansa, Mundo.

▣ **"mula nga ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan"** Ito ay isa sa maraming pangwikaing mga parirala na naghahayag ng pagkawalang-hanggang ni YHWH. Ang Kaniyang pangalan, YHWH, ay nangangahulugang "ang nabubuhay kailanman, Isang taging nabubuhay, cf. Exodo 3:14).

Para sa "walang hanggan" (BDB 761) tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

Ako ay kadalasang tinatanong kung saan nagmula sa Diyos. Ang Bibliya ay hindi tinatalakay ang katanungang ito ngunit nagsimula pag-iral at pagkilos ng Diyos sa Genesis 1:1. Ang ating pag-usisa ay dapat maghintay! Mag-ingat sa mga haka-haka sa kakulangan ng kapahayagan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 90:3-6**

3 **Iyong pinapagiging kapahamakan ang tao;**
**at iyong sinasabi, Magsipanumbalik kayo, kayong mga anak ng mga tao.**
4 **Sapagka't isang libong taon sa iyong paningin**
**ay parang kahapon lamang nang makaraan,**
**at parang pagpupuyat sa gabi.**
5 **Iyong dinadala sila na parang baha; sila ay parang pagkakatulog:**
**sa kinaumagahan ay parang damo sila na tumutubo.**
6 **Sa kinaumagahan ay namumulaklak at lumalago;**
**sa kinahapunan ay pinuputol at natutuyo.**

**90:3-6** Gaya ng pagbibigay-diin ng unang istropha sa pagkawalang-hanggan ni YHWH, ang istropang ito ay nagpapahayag ng pagkapansamantala at karupukan ng sangkatauhan. Ito ay pinapatingkad sa ikatlong istropa (Awit 90:7-12) sa pamamagitan ng katotohanan ng kahatulan ni YHWH sa Israel. Kahit na ang natatanging bayan ng Diyos ay umani sa kahihinatnan ng kasalanan!

**90:3** Ang talatang ito ay gumagawa ng katotohanang pahayag (i.e., mga tao ay mamamatay, cf. Genesis 2:7; 3:14,16) at kaagapay ito sa katulad na salita (BDB 996, KB 1427) sa isang PAUTOS na pahayag. Ang kamatayan ng tao ay hindi ang kalooban ng Diyos o ang likat na pag-ikot ng Kaniyang planeta ngunit ang tuwirang bunga ng kasalanan ng tao! Basahin si Millard Erickson, *Christian Theology*, 2nd ed., pp. 1176-1177.

Ang pangkasalukuyang mundo ay hindi ang orihinal na layon ni YHWH ngunit ang bunga ng Genesis 3.

▣ **"mga anak ng mga tao"** Dahil sa maliwanag na pagkabanggit sa Genesis, ito ay maaaring "mga anak ng Adan" (NJB, cf. Awit 8:4).

**90:4** Ito ay pangwikaing wika para sa pagkawalang-hanggan ni YHWH (cf. 2 Pedro 3:8). Ito ay nagpapakita ng mga tanda sa panahon na maaaring gumanap bilang paglalarawang wikain (i.e., "araw" ng Genesis 1, tingnan ang Natatanging Paksa: Araw (*yom*)). Ang panahon ay hindi isang pagtatakda sa pagka-Diyos hindi tulad sa sangkatauhan!

Para sa "sanlibo" tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: SANLIBO (*eleph*)**
**(SPECIAL TOPIC: THOUSAND (*eleph*))**

▣ **"parang pagpupuyat sa gabi"** Sa OT ang gabi ay hinati sa tatlong pag-aabang (i.e., panghukbong paraan sa paghahati ng haba ng oras ng mga sundalo na nagbabantay na nakatayo). Sa NT, ang mga Hudyo ng Palestina ay hiniram ang Romanang paghahait sa apat na gabing pag-aabang.

1. OT – Exodo 14:24; Mga Hukom 7:19; 1 Samuel 11:11; Panaghoy 2:19
2. NT – Mateo 14:35; Marcos 13:35

**90:5 "parang baha"** Ang rumaragasang tubig ay kadalasang ginamit nang patalinghaga sa pagkabagabag ng tao. Gayunman, dito ang salitan ay maaaring may isang paggamit ng salita na nangangahulugang, "pagkitil sa buhay" (KB 281 I; NIDOTTE, vol. 1, p. 1150), na sumusunod sa isang Arabeng ugat at hindi kaugnay sa Hebreong ugat, "ibuhos" (BDB 281, KB 281 II).

▣ **"pagkakatulog"** Ang pagkatulog (BDB 446) ay isang OT wikain para sa kamatayan. Ang unang mga pagkakakita ay nauugnay sa mga pinuno na tinitipon sa kanilang mga pamilya (i.e.,

Deuteronomio 31:16). Ito ay naging isang wikain para sa lahat ng mamamatay (i.e., Awit 13:3; Daniel 12:2; Isaias 26:19). Ang wikaing ito ay hindi ipinapahiwatig ang isang walang kamalayang estado sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay.

▣ **"parang damo"** Ito ay isang inuulit na talinghaga para sa sangkatauhan (cf. Job 14:2; Awit 102:11; 103:15; Isaias 40:6; 1 Pedro 1:24,25). Habang ang mga pana-panahong halaman ay makikita sa tagsibol at mawawala sa tagginaw, gayundin, ang maikling panahong mabuhay ng sangkatauhan!

Sa ilang mga teksto ito ay tumutukoy sa pagkawasak ng masasama (cf. Job 18:16; Awit 37:2). Ang pana-panahong mga damo ay muling makikita (i.e., mayroong pag-asa para sa matapat na mga taga-sunod), ngunit ang masasama ay mawawala na magpakailan man.

Ito ay maaari sa konteksto, na ang Awit na ito ay tumutukoy sa wala sa panahong kamatayan (i.e., lalo na sa Awit 90:10d).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 90:7-12**

**7Sapagka't kami ay nangasupok sa iyong galit,**
**at sa iyong poot ay nangabagabag kami.**
**8Iyong inilagay ang aming kasamaan sa harap mo,**
**ang aming lihim na mga kasalanan sa liwanag ng iyong mukha.**
**9Sapagka't lahat naming kaarawan ay dumaan sa iyong poot:**
**aming niwawakasan ang aming mga taon na parang isang buntong hininga.**
**10Ang mga kaarawan ng aming mga taon ay pitong pung taon,**
**o kung dahil sa kalakasan ay umaabot ng walong pung taon;**
**gayon man ang kanilang kapalaluan ay hirap at kapanglawan lamang;**
**sapagkat madaling napapawi, at kami ay nagsisilipad.**
**11Sinong nakakaalam ng kapangyarihan ng iyong galit,**
**at ng iyong poot ayon sa katakutan na marapat sa iyo?**
**12Kaya ituro mo sa amin ang pagbilang ng aming mga kaarawan,**
**upang kami ay mangagtamo sa amin ng pusong may karunungan.**

**90:7-12** Ang istropang ito ay maliwanag na inaamin na ang kahatulan ni YHWH sa Kaniyang bayan ang tuwirang bunga ng kanilang kasalanan. Gayunman, ang Kaniyang bayan ay nagtitiwala at umaasa sa panimulang katangian ng Diyos—kahabagan! Para sa akin, Awit 103:8-14 ay isang tiyak na pag-asa sa katangian ng Diyos (cf. Exodo 34:6; Bilang 14:18; Deuteronomio 4:31; Nehemiah 9:17; Awit 86:15; 145:8).

**90:7 "galit"** Pansinin ang mga pakakaiba ng mga salitang ginamit sa paglalarawan sa reaksyon ni YHWH sa kasunduang pagsuway.

1. galit, Awit 90:7a,11 – BDB 60 I
2. poot, Awit 90:7b – BDB 404
3. poot, Awit 90:9,11 – BDB 720

Tandaan, ang Bibliya ay gumagamit ng pantaong talasalitaan sa paglalarawan ng Diyos. Ito ay palaging patalinghaga at may hangganan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Diyos na Inilalarawan bilang Tao. Ang Awit 103 ay tinulungan akong timbangin ang Kaniyang galit at pag-ibig! Si Hesus ang pangwakas na pagpapahayag ng Kaniyang katangian at mga pangako!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NJB** | **"nangamba"** |
| **NKJV, TEV** | **"nangabagabag"** |
| **NRSV** | **"puspos"** |
| **JPSOA** | **"natakot nang lubha"** |

Ang PANDIWA (BDB 96, KB 111, *Niphal* GANAP) ay nagpapakilala ng pagkatakot sa kamatayan

at kahatulan (cf. Awit 30:7; 104:29; NIDOTTE, vol. 1, pp. 610-611). Ang kasalanan ay may mga panandalian at eskatolohikong kahihinatnan!

**90:8 "liwanag ng iyong mukha"** Ang liwanag ay isang biblikal na simbolo ng kabutihan, kapahayagan, kalusugan. Ang Diyos ay liwanag (cf. 1 Timoteo 6:16; Santiago 1:17; 1 Juan 1:5). Ang kaniyang personal na presensiya ay nahayag sa wikain ng liwanag ng Kaniyang mukha (cf. Awit 4:6; 31:16; 44:3; 67:1; 80:3,7,19; 89:15; 104:2; 119:135).

**90:11 "ayon sa katakutan na marapat sa iyo"** Ang salitang "takot" (BDB 432) ay maaaring hindi maunawaan ng tama. Ito ay nagpapakilala ng paggalang, pagsamba, kabanalan (tingnan ang Natatanging Paksa: Takot). Ang marupok at pansamantala ay tinatanggap ang walang-hanggan, Isang Banal! Pansinin kung paanong ang Mga Kawikaan ay gumagamit ng ganitong konsepto (cf. Kawikaan 10:27; 14:26-27; 15:16; 19:23; 22:4; 23:17).

**90:12** Nang ating maunawaan ang ating karupukan at Kaniyang pamamalagi, kung magkagayon, can tayo ay mamumuhay sa buhay ng kaligayahan, kapayapaan, at pagtitiwala. Ang ating pag-asa ay lubusang nasa Kaniya. Ang ating paglilingkod sa Kaniya ay nagdudulot ng kahulugan sa buhay!

1. ituro sa amin – BDB 393, KB 390, *Hiphil* PAUTOS
2. upang kami ay magtamo – BDB 97, KB 112, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan

▣ **"puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 90:13-17**

**13Manumbalik ka, Oh Panginoon; hanggang kailan pa?**
**At iyong papagsisihin ang tungkol sa mga lingkod mo.**
**14Oh busugin mo kami sa kinaumagahan ng iyong kagandahang-loob;**
**upang kami ay mangagalak at mangatuwa sa lahat ng kaarawan namin.**
**15Pasayahin mo kami ayon sa mga kaarawan na iyong idinalamhati sa amin,**
**at sa mga taon na aming ikinakita ng kasamaan.**
**16Mahayag nawa ang iyong gawa sa iyong mga lingkod,**
**at ang kaluwalhatian mo sa kanilang mga anak.**
**17At sumaamin nawa ang kagandahan ng Panginoong aming Diyos:**
**at iyong itatag sa amin ang gawa ng aming mga kamay;**
**Oo, ang gawa ng aming mga kamay ay itatag mo.**

**90:13-17** Ang pagwakas na istropa ay puno ng mga pagsisising kahilingan sa panalangin na nakabatay sa katangian ni YHWH.

1. manumbalik, Awit 90:13 – BDB 996, KB 1427, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 90:3 – tayo ay babalik sa alabok, Siya ay babalik sa kahabagan!
2. papagsisihin, Awit 90:13 – BDB 636, KB 688, *Niphal* PAUTOS
3. busugin kami, Awit 90:14 – BDB 959, KB 1302, *Piel* PAUTOS
   a. upang kami ay mangagalak – BDB 943, KB 1247, *Piel* PANGPANGKAT
   b. matuwa – BDB 970, KB 1333, *Qal* PANGPANGKAT
4. pasayahin kami, Awit 90:15 – BDB 90, KB 1333, *Piel* PAUTOS
5. mahayag nawa ang iyong gawa sa iyong mga lingkod, Awit 90:16 – BDB 906, KB 1157, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
6. ang kaluwalhatian mo sa kanilang mga anak, Awit 90:16 – ipinagpapalagay na katulad na PANDIWA sa #5
7. sumaamin nawa ang kagandahan ng Panginoong aming Diyos, Awit 90:17 – BDB 224, KB 243, *Qal* PANGKAUTUSAN

8. iyong itatag sa amin ang gawa ng aming mga kamay, Awit 90:17 – BDB 465, KB 464, *Polel* PAUTOS
9. #8 ay inuulit

Pansinin kung ilan ang MGA PANDIWA sa istropang ito na nagsisimula sa ש

1. manumbalik, Awit 90:13 – BDB 996
2. busugin, Awit 90:14 – BDB 959
3. umawit ng kagalakan, Awit 90:14 – BDB 943
4. mangatuwa, Awit 90:14 – BDB 970
5. pasayahin kami, Awit 90:15 – BDB 970
6. ikinakita namin, Awit 90:15 – BDB 906
7. mahayag nawa, Awit 90:16 – BDB 906

**90:13 "hanggang *kailan pa*"** Ito ay isang inuulit na katanungan (cf. Awit 6:8; 13:1; 74:10). Ang mga mananampalataya na nakakaranas ng mga sakit at mga suliranin ng buhay na ito ay nananangis sa Diyos!

Maging tiyak na ang kapahayagan, hindi mga pangyayari, ang magtatakda ng pananaw sa mundo at pagtitiwala sa Diyos. Ang mga pangyayari ay dumarating at nawawala ngunit ang Diyos ay mananatili!

**90:14 "kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

**90:15** Ang talatang ito ay isang panalangin kahilingan na ang mga taon ng panghinaharap pagpapala ay matutumbasa ang mga taon ng nakalipas na mga dalamhati.

Pansining ang salmista ay kinikilala ang mga suliranin ng Israel na ipinadala ng Diyos dahil sa kaniyang mga kasalanan (i.e., Awit 31:10; 39:11)!

**90:16-17** Pansinin na Awit 90:16 ay tumutuon sa mga gawa ni YHWH at ang Awit 90:17 sa mga gawa ng matapat na mga taga-sunod. Ang pagpapalaya ni YHWH ay nagpapahintulot sa Kaniyang bayan na sumagana sa sali't saling-lahi. Ang kasalanan ang nagwawasak ng lahat ng bagay!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang mga sinaunang pang-Hudyong tradisyon ay nagpapahayag Mosaikong pagka-may-akda ng Awit na ito?
2. Itala ang mga paraan na ang Awit ay may pagkabanggit sa Genesis 3.
3. Sa isang pangungusap, ihayag nag sentrong katotohanan ng Awit na ito.
4. Ang Awit 90:10 ba ay nagpapahayag ng kamatayan sa dulo ng isang bahabang buhay o di-inaasahang kamatayan?
5. Itala ang mga kahilingan sa panalangit ng Awit 90:13-17.

# AWIT 91

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Security para sa ang One Trusts in ang Panginoon <u>Walang Panimula sa MT</u> | Kaligtasan sa Pananahanan sa Presensiya ng Diyos | Pagninilay sa Diyos bilang Tagapagtanggol ng Matapat | Diyos, Ang Tagapagtanggol | Sa Ilalim ng Proteksyon ng Diyos |
| 91:1-4 | 91:1-2 | 91:1-6 | 91:1-6 | 91:1-2 |
| | 91:3-6 | | | 91:3-4 |
| 91:5-10 | | | | 91:5-6 |
| | 91:7-8 | 91:7-8 | 91:7-8 | 91:7-9 |
| | 91:9-10 | 91:9-10 | 91:9-13 | |
| | | | | 91:10-11 |
| 91:11-13 | 91:11-13 | 91:11-13 | | |
| | | | | 91:12-13 |
| 91:14-16 | 91:14-16 | 91:14-16 | 91:14-16 | 91:14-16 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Panimula
   1. Ito ay isang kahanga-hangang Awit na naglalarawan ng pagkalinga at presensiya ng Diyos sa Kaniyang matapat na mga taga-sunod (cf. Awit 16; 23; 62; 121).
   2. Kadalasan, ang Awit ay nagpapahayag sa bansa ng Israel (cf. Awit 90), ngunit ay ginawang pang-isahan (PANG-ISAHAN "ikaw").
   3. Ang mga katotohanan ng Awit 91:1-8 ay kaagapay ng Awit 91:9-13. Ang pagkalinga at pagtustos ng Diyos ay inuulit para sa pagbibigay-diin at samakatuwid, ang Diyos sa Kaniyang sarili ay nagsasalita sa Awit 91:14-16.

B. Ang mga pangalan ng pagka-Diyos ay ginamit sa Awit 91 (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos).
   1. Kataastaasan (*Elyon*, BDB 751, KB 832), Awit 91:1a – paglalarawang titulo na pinakamadalas gamitin sa panulaan
   2. Makapangyarihan (*Shaddai*, BDB 994), Awit 91:1b, 9b, na karamihang ginagamit sa Genesis at Job; dalawang beses lamang sa Awit; 68:14 at dito – patriyarkong pangalan para sa Diyos (cf. Exodo 6:30; maaaring mula sa ang Hebreong ugat "maging malakas," NIDOTTE, vol. 1, p. 401)
   3. Panginoon (YHWH, BDB 217), Awit 91:2a, 9a – ang pangkasunduang pangalan para sa pagka-Diyos, unang ginamit sa Genesis 2:4; ito ay mula sa Hebreong PANDIWA "maging" (cf. Exodo 3:14); ang mga rabi ay sinasabing ito ay naglalarawan ng pagka-Diyos bilang Tagapagligtas, Manunubos
   4. Diyos (*Elyon*, BDB 43), Awit 91:2b – ito ang pangkalahatang pangalan para sa pagka-Diyos sa ANE, *El*; sa Genesis 1:1, ang PANGMARAMIHAN na anyo, *Elohim* ay ginamit; ang mga rabbi ay sinasabing ito ay naglalarawan ng Diyos bilang manlilikha, tagapanatili, at tagatustos ng lahat ng buhay sa mundo

C. Ang Awit na ito ay pinangingibabawan ng MGA DI-GANAP (28), na nagpapakita ng nagpapatuloy na mga pagkilos ng ating Diyos sa kapakanan ng matapat na mga taga-sunod.

   Ang dalawang MGA GANAP ng Awit 91:14 ay nagpapahayag ng pinagpasyahan, napakalapit na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos at Kaniyang mga matapat na taga-sunod. Ang paglalarawan ay mula sa may asawang buhay (cf. Isaias 54:5; Osea 2:19; taga-Efeso 5:25).
   1. "makikipisan" – cf. Genesis 2:24
   2. "makilala" – Genesis 4:1,17,25; 24:16; 38:26

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 91:1-4**
**1 Siyang tumatahan sa lihim na dako ng Kataastaasan.**
**Ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan sa lahat.**
**2 Aking sasabihin tungkol sa Panginoon, siya ay aking kanlungan at aking katibayan,**
**ang Diyos ko na siyang aking tinitiwalaan.**
**3 Sapagka't kaniyang ililigtas ka sa silo ng paninilo,**
**at sa mapamuksang salot.**
**4 Kaniyang tatakpan ka ng kaniyang mga bagwis,**
**at sa ilalim ng kaniyang mga pakpak ay manganganlong ka:**
**ang kaniyang katotohanan ay kalasag at baluti.**

**91:1-4** Ang istropang ito ya gumagamit ng maraming mga pangalan/mga titulo para sa pagka-Diyos (tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstuwal, B) at maraming mga talinghaga sa paglalarawan na Kaniyang pagkupkop at pagkalinga.
1. lihim na dako – Awit 27:5; 31:20, na nagpapakilala ng templo, cf. Awit 27:5; 31:20; 32:7; 61:4
2. anino – tingnan ang Natatanging Paksa: Anino bilang isang Talinghaga para sa Pagkalinga at Pangangalaga
3. kanlungan – tingnan ang tala sa internet sa Awit 5:11
4. katibayan – Awit 18:2; 31:3; 71:3; 144:2; Jeremias 16:19

Ang Awit 91:4 binabanggit ang #2, 3,4 sa itaas

Ang Isa kung saan ang mga matapat na taga-sunod ay nagtitiwala (BDB 105, KB 120, *Qal* DI-

GANAP; tingnan ang tala sa internet sa Awit 4:5).

1. iligtas sila mula sa silo ng paninilo (cf. Awit 124:7)
2. iligtas sila mula sa mapamuksang salot (cf. Awit 91:6; maaaring demonyo, cf. Habakkuk 3:5 at Natatanging Paksa: Ang Demonyo sa OT)
3. tatakpan ka ng Kaniyang mga bagwis (cf. Awit 36:7; 57:1; 63:7)
4. Kaniyang katapatan (tingnan ang Natatanging Paksa: Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT) ay
   a. isang kalasag (cf. Awit 35:2)
   b. isang kuta o (RSV) pagtatanggol (kapwa panghukbong mga termino, ang salita [BDB 695, KB 750] ay matatagpuan lamang dito sa OT; NIDOTTE, vol. 3, p. 243)

Ito ay isang napakaganda at makapangyarihang istropa ng katangian at mga pagkilos ng pagka-Diyos sa kapakanan ng Kaniyang bayan.

**91:1 "sa lilim ng Makapangyarihan"** Ito ay maaaring tumukoy na

1. ang mga pakpak ng *querubin* sa ibabaw ng arko (i.e., kasunduang pagkalinga, cf. Exodo 25:17-22)
2. ang mga pakpak ng isang mapagprotektang inahing-ibon (cf. Awit 17:8; 36:7 57:1; 61:4; 53:7; 91:4; at Mateo 23:27)
3. pagkalinga mula sa nakakapasong init ng araw (cf. Awit 121:5; Isaias 25:4; 32:2)

**91:2 "na siyang aking tinitiwalaan"** Ito ang susi sa isang kasunduang pakikipag-ugnayan sa Diyos (cf. Awit 4:5; 25:2; 56:4).

**91:3 "salot"** Ang panimulang ugat ay דבר (BDB 182-184), na maraming pagkakagamit.

1. salita (cf. LXX ng Awit 91:3)
2. pagsasalita (cf. Jeremias 5:13)
3. salot (cf. Exodo 5:3; 9:15; Bilang 14:12; Levitico 26:25; Deuteronomio 28:21; Awit 78:50)
4. pastulan (cf. Mikas 2:12)
5. bubuyog o kagat ng bubuyog (NIDOTTE, vol. 1, p. 916)

Dahil sa Awit 91:5-6 #3 ang pinakaakma sa konteksto at pagkakaagapay.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 91:5-10**

**5 Ikaw ay hindi matatakot sa kakilabutan sa gabi,**
**ni sa pana man na humihilagpos kung araw;**
**6 Dahil sa salot na dumarating sa kadiliman,**
**ni dahil sa paggiba man na sumisira sa katanghaliang tapat.**
**7 Isang libo ay mabubuwal sa iyong siping,**
**at sangpung libo sa iyong kanan; ngunit hindi lalapit sa iyo.**
**8 Iyong mamamasdan lamang ng iyong mga mata,**
**at iyong makikita ang ganti sa masama.**
**9 Sapagka't ikaw, Oh Panginoon, ay aking kanlungan!**
**Iyong ginawa ang Kataastaasan na iyong tahanan;**
**10 Walang kasamaang mangyayari sa iyo,**
**ni anomang salot ay lalapit sa iyong tolda.**

**91:5-10** Ang istropang ito ay nagpapatuloy na paglalarawan ng Awit 91:1-4, lalo na "ang mapamuksang salot" ng Awit 91:3b, na pinalaki sa Awit 91:5-6, 10, habang ang panghukbong paglalarawan ng Awit 91:4c ay pinalaki sa Awit 91:7-8.

**91:5-6** Ang mga bagay na ito ay nakikita ng mga rabbi bilang mga sangkap ng demonyo (cf. *Encyclopaedia Judaica*, vol. 5, p. 1523). Pansinin (1) ito ay naglalakad, Awit 91:6 at (2) ang "ito" ng

Awit 91:7. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Demonyo sa OT.

**91:7** Ito ay isang hayperbolikong pagpapahayag na gamit ang panghukbong paglalarawan ng personal na pagkalinga ng mananampalataya, na ipinagkaloob ng kaniyang pangkasunduan Diyos.

**91:8** Habang ang bayan ng Diyos ay nasa ilalim ng pag-atake ng masasama, sila rin ay magiging tagapagmasid sa kanilang kahatulan (cf. Awit 37:34; 54:7; 58:10).

▣ **"ang ganti"** Ang anyong ito ng panimulang ugat (BDB 1024) ay matatagpuan lamang dito sa OT. Mga katulad na anyo ay matatagpuan sa Deuteronomio 32:35; Isaias 59:18 (dalawang beses).

**91:9-10** Ito ay kaagapay sa Awit 91:1-2, habang ang Awit 91:10 ay kaagapay sa Awit 91:5-7.

**91:9** Ang talatang ito sa Hebreo ay tila sa unang pahayag sa Diyos (i.e., O YHWH) sa hanay at samakatuwid ay gumagawa ng isang pahayag na nagtuturo sa isang matapat na tagasunod na ginawa Siya na kaniyang banal na dako. Mayroong maraming lugar na ganitong uri ng paghahalo ng mga persona ay makikita. Ang UBS *Handbook* (p. 801) ay inimumungkahi na ang

1. Awit 91:1, isang saserdote ang nagsasalita
2. Awit 91:2, ang mananamba
3. Awit 91:3-8, isang saserdote muli
4. Awit 91:9a, ang mananamba
5. Awit 91:9b, ang saserdote muli
6. Awit 91:14-16, ang Diyos ang nagsasalita

Sinasagot nito ang mga suliranin sa ilang persona ngunit naglalatag ng ibang mga pang-gramatikong isyu. Ang Hebreong wika ay kadalasang nagbabago ng mga tayo, kahit na kasarian, na tila walang dahilan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 91:11-13**

**11 Sapagka't siya ay magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo,**
**upang ingatan ka sa lahat ng iyong mga lakad.**
**12 Kanilang dadalhin ka sa kanilang mga kamay,**
**baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato.**
**13 Iyong yayapakan ang leon at ang ulupong:**
**ang batang leon at ang ahas ay yuyurakan mo ng iyong mga paa.**

**91:11-12** Ang mga talatang ay sinipi ni Satanas sa panunukso kay Hesus sa karanasan sa ilang (cf. Mateo 4:6; Lucas 4:10-11). Ang pangako ng pagkalinga ng Diyos ay hindi dapat gamiting patunay na sa isang pamangahas na pananailangan. Ang mga mananampalata ay nagdurusa (cf. Job; Awit 72 laban sa Deuteronomio 27-28; at taga-Roma 8:28-30 laban sa 8:31-39).

**91:11 "Kaniyang mga anghel"** Ito ay maaaring kaligiran sa OT (tingnan ang Exodo 23:20) ng Mateo 18:10; Lucas 4:10-11 (LXX) at Mga Gawa 12:15 sa konsepto ng "mga bantay na anghel." Pansinin din, kung iyong isasama ang Hebreo 1:14 sa Awit 103:21, mayroong tila isang kaugnayan.

▣ **"upang ingatan ka sa lahat ng iyong mga lakad"** Ito ay isang kahanga-hangang pangako para sa kanilang nagtitiwala sa Diyos at pumupunta sa Kaniyang pagkalinga. Gayunman, ito rin ay isang biblikal na eksaherasyon. Tayo ay nabubuhay sa isang nalugmok, masamang mundo. Ang mga mananampalataya ay nakakaranas ng mga pagsubok, pagkakasakit, panunukso, atbp. (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-21; 16:1-3; 17:14; Mga Gawa 14:22; taga-Roma 5:3-4; 8:17; 2 taga-Corinto 4:16-18; 6:3-10; 11:23-30; taga-Filipos 1:29; 1 taga-Thesalonica 3:3; 2 Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4; 1 Pedro 3:14; 4:12-16; Pahayag 11:7; 13:7).

**91:13** Ito ay maiuugnay sa naunang mga pangako sa kasaysayan sa yugto ng paglalagalag sa ilang o ito ay maaaring paglalarawang wika para sa mga suliranin na nararanasan ng mga tao sa isang nalugmok na mundo (cf. Awit 58:3-5; Lucas 10:19).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 91:14-16**
**14Sapagka't kaniyang inilagak ang kaniyang pagibig sa akin,**
**kaya't iniligtas ko siya: aking ilalagay siya sa mataas,**
**sapagkat kaniyang naalaman ang pangalan ko.**
**15Siya'y tatawag sa akin, at sasagutin ko siya;**
**ako ay sasa kaniya sa kabagabagan:**
**aking ililigtas siya, at pararangalan siya.**
**16Aking bubusugin siya ng mahabang buhay,**
**at ipakikita ko sa kaniya ang aking pagliligtas.**

**91:14-16** Ang Diyos ay nagsasalita at sa gayon ay nagtatakda ng isang "kung. . .samakatuwid" na pangkasunduang pagpapala na pakikipag-ugnayan (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30).

| | Diyos (samakatuwid) | Believer (kung) | Pagpapala ng Diyos |
|---|---|---|---|
| 1. | iniligtas siya | ibigin ang ("pisan") Diyos (GANAP) | kasama siya sa kaguluhan |
| 2. | ilagay siya sa taas | kilalanin ang Diyos (GANAP) | sagipin siya |
| 3. | sugutin siya | tumawag sa Diyos (GANAP) | purihin siya (cf. Juan 12:26<br>a. na may mahabang buhay<br>b. masdan ang kaligtasan ng Diyos |

**91:14 "naalaman"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ipaliwanag ang mga paglalarawan sa OT ng kublihan, anino, kanlungan/muog.
2. Itala at ibigay ang kahulugang ng mga pangalan para sa Diyos.
3. Ang Awit 91:5-7 ay nagpapahayag ba ng pagka-demonyo, paglalaban, o pagkakasakit?
4. Bakitinuulit ng Awit 91:9-10 ang mga kaisipan ng Awit 91:1-2?
5. Paano ginamit ng demonyo nang di-nararapat ang Awit na ito sa pakikipag-usap kay Hesus?
6. Pinapangako ba ng Awit na ito na ang tunay na mga mananampalaya ay hindi magkakaroon ng mga suliranin?
7. Ipaliwanag ang konsepto ng "pangalan" sa kaugnayan nito sa Awit 91:14-15.

# AWIT 92

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Papuri para sa Kabutihan ng Diyos<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit, isang Awit para sa Araw ng Sabbat. | Purihin ang Panginoon para sa Kaniyang Pag-ibig at Katapatan | Pasasalamat pagkatapos ng Pagpapalaya mula sa Personal na mga Kaaway | Isang Awit ng Pagpuri | Ang Awit ng Matuwid |
| 92:1-4 | 92:1-4 | 92:1-4 | 92:1-4 | 92:1-3 |
| | | | | 92:4-6 |
| 92:5-9 | 92:5-7 | 92:5-9 | 92:5-8 | |
| | | | | 92:7-8 |
| | 92:8-9 | | 92:9-11 | 92:9-11 |
| 92:10-15 | 92:10-11 | 92:10-11 | | |
| | 92:12-15 | 92:12-15 | 92:12-15 | 92:12-13 |
| | | | | 92:14-15 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito gumagamit ng pang-agrikulturang paglago na mga salita, gaya ng sa Awit 1:3, upang ilarawan ang espiritwal na buhay.
   1. negatibo
      a. ang masama ay lumilitaw na parang damo, Awit 92:7
      b. pagka gumiginhawa ang lahat na manggagawa ng kasamaan, Awit 92:7
   2. positibo
      a. Ang matuwid ay giginhawa, Awit 92:12
      b. siya ay tutubo, Awit 92:12
      c. nangatatag sa bahay ng Panginoon, Awit 92:13

d. sila ay giginhawa sa mga looban ng aming Diyos, Awit 92:13
e. sila ay mangagbubunga sa katandaan, Awit 92:14
f. sila ay mapupuspos ng katas at kasariwaan, Awit 92:14

B. Mayroong isang inuulit na paggamit ng mga salitang nasisimula sa פ.
1. lumilitaw (sa literal ay "usbong"), Awit 92:7 – BDB 827, KB 965
2. gumiginhawa, Awit 92:7 – BDB 821, KB 950
3. mangangalat (sa literal ay "be divided"), Awit 92:9 – BDB 825, KB 962
4. lahat ng mga manggagawa ng kasamaan, Awit 92:9 – BDB 821, KB 950
5. giginhawa (sa literal ay "usbong"), Awit 92:12 – BDB katulad na as #1
6. giginhawa (sa literal ay "usbong") – katulad na as #1

C. Walang mga kahilingan sa panalangin (i.e., MGA PAUTOS, MGA PANGKAUTUSAN, MGA PANGPANGKAT), mga pahayag lamang ng mga gawa ng Diyos.
1. Kaniyang katangian, Awit 92:2,15
2. Kaniyang mga gawa
   a. paglalang, Awit 92:5
   b. katarungan, Awit 92:6-9
   c. mga pagpapala, Awit 92:10-14

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 92:1-4**
**[1]Isang mabuting bagay ang magpapasalamat sa Panginoon,**
**at umawit ng mga pagpuri sa iyong pangalan, Oh Kataastaasan:**
**[2]Upang magpakilala ng iyong kagandahang-loob sa umaga,**
**at ng iyong pagtatapat gabigabi.**
**[3]Na may panugtog na may sangpung kawad, at may salterio;**
**na may dakilang tunog na alpa.**
**[4]Sapagka't ikaw, Panginoon, iyong pinasaya ako sa iyong gawa:**
**ako ay magtatagumpay sa mga gawa ng iyong mga kamay.**

**92:1-4** Ang istropang ito ay nagbibigay-diin ay nagpupuri. Pansinin ang inuulit na mga sanggunian sa music.
1. MGA PANDIWA
   a. magpapasalamant, Awit 92:1 – BDB 392, KB 389, *Hiphil* PAWATAS NA KAYARIAN
   b. umawit ng mga pagpuri, Awit 92:1 – BDB 274, KB 273, *Piel* PAWATAS NA KAYARIAN
   c. pinasaya, Awit 92:4 – BDB 970, KB 1333, *Piel* GANAP
   d. aawit na may kagalakan, Awit 92:4 – BDB 943, KB 1247, *Piel* DI-GANAP
2. mga instrumentong pang-musika (a. ay maaaring tinatakda ng b. at, samakatuwid, tumukoy sa dalawang instrumento lamang, cf. Awit 33:2; 144:9)
   a. sampung kawad, Awit 92:3 – BDB 797
   b. salterio, Awit 92:3 – BDB 614 II
   c. alpha, Awit 92:3 – BDB 490 (b. at c. ay kapwa binanggit sa Awit 57:8)

**92:1 "Kataastaasan"** Tingnan ang tala sa Awit 91:1.

**92:2** Ang Awit na ito ay nagsimula na may tatlong PAWATAS NA MGA KAYARIAN.
1. magpapasalamat
2. umawit ng mga pagpuri
3. magpakilala – BDB 616, KB 665, *Hiphil*

Pansinin na ang bilang 3, "magpakilala," ay nagsasara din (*inclusio*) ng Awit at Awit 92:15. Ang kapahayagan ay kinapapalooban ng

1. kagandahang-loob ni YHWH, Awit 92:2 (tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*])
2. katapatan ni YHWH, Awit 92:2 (cf. Awit 33:4; 143:1, tingnan ang Natatanging Paksa: Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT)
3. katapatan ni YHWH, Awit 92:15 (tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran)
4. katatagan at kalakasan ni YHWH (sa literal ay "Siya ay aking bato"), Awit 92:15
5. ganap na katangian ni YHWH (sa literal ay "walang di-matuwid sa Kaniya," cf. taga-Roma 9:11; Santiago 1:17), Awit 92:15

▣ **"umaga. . .gabi"** Ang mga ito ay kaagapay at pangwikaing para sa "palagi." Ang ibang opsyon ay tila nagpapakilala ng mga oras sa pang-araw-araw na pag-aalay (i.e., 9 A.M., 3 P.M. sa templo at, samakatuwid, ay mayroong isang liturhikong pagbibigay-diin.

**92:4 "sa iyong gawa"** Ang dalawang patulang linya ng Awit 92:4 ay inuulit ang kaisipang ito (i.e., Awit 1, i.e., "Ang Dalawang Paraan," cf. Deuteronomio 30:15,19). Ang gawain ni YHWH ay

1. ang pagkawasak ng masasama, Awit 92:5-9 (lalo na sa Awit 92:5a)
2. ang pagpapala sa matuwid, Awit 92:10-15

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 92:5-9**

**5 Kay dakila ng iyong mga gawa, Oh Panginoon!**
**Ang iyong mga pagiisip ay totoong malalim.**
**6 Ang taong hangal ay hindi nakakaalam;**
**ni nauunawa man ito ng mangmang.**
**7 Pagka ang masama ay lumilitaw na parang damo,**
**at pagka gumiginhawa ang lahat na manggagawa ng kasamaan;**
**ay upang mangalipol sila magpakailan man:**
**8 Nguni't ikaw, Oh Panginoon, ay mataas magpakailan man.**
**9 Sapagka't, narito, ang mga kaaway mo, Oh Panginoon,**
**sapagkat, narito, ang mga kaaway mo ay malilipol;**
**lahat ng mga manggagawa ng kasamaan ay mangangalat.**

**92:5-9** Ang istropang ito ay tumutuon sa pagkilos ni YHWH sa

1. isang taong hangal, Awit 92:6a – BDB 35 KAYARIAN BDB 129
2. isang taong mangmang, Awit 92:6b – BDB 493, kapwa #1 at #2 ay ginamit sa Awit 49:10; 94:8
3. ang masasama, Awit 92:7a – BDB 957
4. siya na gumagawa ng kasamaan, Awit 92:7b
5. mga kaaway ni YHWH, Awit 92:9 (dalawang beses) – BDB 33, *Qal* PANDIWARI

Sila ay ipinakilala bilang

1. walang kaalaman
2. gumiginhawa sa nalugmok na mundo
3. sa wakas at palagiang wawasakin (ito ang hindi nauunawaan ng mga mangmang at hangal)

Si YHWH ay ipinakilala bilang

1. may dakilng mga gawa
2. may malalim na kaisipan (*Qal* ng BDB 770 ay dito lamang)
3. sa kataasan magpakailan man
4. Awit 92:15 ang pagpupuri dahil sa matapat na mga gawa YHWH sa Kaniyang matapat na mga taga-sunod

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 92:10-15**

10 **Nguni't ang sungay ko'y iyong pinataas na parang sungay ng mailap na toro:**
**ako ay napahiran ng bagong langis.**
11 **Nakita naman ng aking mata ang nasa ko sa aking mga kaaway,**
**narinig ng aking pakinig ang nasa ko sa mga manggagawa**
**ng kasamaan na nagsisibangon laban sa akin.**
12 **Ang matuwid ay giginhawa na parang puno ng palma.**
**siya ay tutubo na parang cedro sa Libano.**
13 **Sila'y nangatatag sa bahay ng Panginoon;**
**sila ay giginhawa sa mga looban ng aming Diyos.**
14 **Sila'y mangagbubunga sa katandaan;**
**sila ay mapupuspos ng katas at kasariwaan:**
15 **Upang ipakilala na ang Panginoon ay matuwid;**
**siya ay aking malaking bato, at walang kalikuan sa kaniya.**

**92:10-15** Ang istropang ito ay tumutuon sa mga gawain niYHWH sa matuwid na tao (Awit 92:12). Tingnan ang Kaniyang mga gawain sa kanilang kapakanan.

1. itinaas kaniyang sungay
2. pinahiran ng bagong langis
3. giginhawa na parang puno ng palma
4. tutubo na parang cedro
5. nangatatag sa templo ni YHWH (cf. Awit 52:8)
6. giginhawa sa looban ni YHWH (cf. Awit 65:4; 84:10; 135:2)
7. mamumunga sa katandaan
8. mapupuspos ng katas at kasariwaan
9. ipakilala si YHWH ay kanyang bato at siya'y matuwid

Ang mga rabbi ay ipinapaliwanag ang istropa na tumutukoy sa isang eskatolohikong kalagayan. Ito maaaring tama (cf. Awit 92:7c).

**92:10 "mailap na toro"** Ang LXX isinaling ang Hebreong terminong BDB 910, אמר, bilang "kabayong may sungay," sa sinunod ng King James Version. Ang NKJV ay binago ito sa "mailap na toro."

Ang salitang ito ay di-tiyak (KB 1163).

1. mabangis na toro (Akkadian na ugat)
2. mabangis na kalabaw
3. puting antilope (Arabeng ugat)
4. oriks (mga Targum)
5. mga raynosero (Vulgata)

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"ako ay napahiran ng bagong langis"** |
| **NRSV** | **"ako ay iyong pinahiram"** |
| **TEV** | **"akoy ay iyong pinagpala"** |
| **NJB** | **"pinahiram mo ko"** |
| **JPSOA** | **"ako ay nakababad"** |
| **LXX** | **"aking matandang edad"** |
| **Peshitta** | **"ako ay papahiran ng langis"** |

Ang PANDIWA (BDB 117, KB 134, *Qal* GANAP) kadalasang nangangahulugang "ihalo" o "guluhin"; dito lamang ito nangangahulugan ng isang pagpapahid ng langis. Ang kahulugang ito ay nanggaling sa isang Arabeng ugat, "basa-basain." Ang UBS Text Project (p. 363) ay binibigyan ang "Ako ay binabasa" ng isang "B" (ilang pagduruda) na antas.

**92:11** Kung ang Awit na ito ay nagpapakilala ng pagpupuri sa isang Hari ng Israel (LXX ay sinasabing si David at "pinahiran," cf. Awit 91:10b), samakatuwid talatang ito ay maaaring tumukoy sa isang plano sa pagpapatalsik ng kaharian, na natuklasan.

**92:13 "nangatatag"** Ang PANDIWA (BDB 1060, KB 1570, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI) ay nangangahulugang "inilipat ng taniman" at ang BALINTIYAK ay nagpapahiwatig, sa pamamagitan ng Diyos (cf. Awit 1:3; Jeremias 17:8; Ezekiel 17:10,22; 19:10,13; Osea 9:13). Ang mga matapat na taga-sunod ay nagsimulang hindi matapat ngunit ang mapagbiyayang Diyos ay may epekto sa kanila!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bigyang-kahulugan ang pangunahing teolohikong paksa na naglalarawan sa katangian ni YHWH sa Awit 92:2.
   a. kagandahang-loob
   b. katapatan
2. Mayroon bang dalawa o tatlong instrumentong pang-musika ang nakatala sa Awit 92:3?
3. Ano ang "(mga) gawa" ng mga kamay ni YHWH na binanggit sa Awit 92:4b at 5a?
4. Paano maiuugnay sa teolohiya ang Awit 92:7 at 8?
5. Saan nauugnang Awit 92:11?
6. Paano maiuugnay ang Awit 92: 12-14 sa Awit 1?

# AWIT 93

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagkamaharlika ng PANGINOON<br>Walang Panimula sa MT | Ang Walang Hanggang Pamumuno ng PANGINOON | Imnong Nagpupuri sa Diyos bilang Hari | Diyos ang Hari | Ang Pagkamaharlika ng Diyos |
| 93:1-2 | 93:1-2 | 93:1-2 | 93:1-2 | 93:1 |
| | | | | 93:2 |
| 93:3-5 | 93:3-4 | 93:3-4 | 93:3-4 | 93:3 |
| | | | | 93:4 |
| | 93:5 | 93:5 | 93:5 | 93:5 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 93:1-2**
**1 Ang Panginoon ay naghahari; siya ay nananamit ng karilagan;**
**ang Panginoon ay nananamit ng kalakasan;**
**siya ay nagbigkis niyaon: ang sanglibutan naman ay natatag, na hindi mababago.**
**2 Ang luklukan mo ay natatag ng una:**
**ikaw ay mula sa walang pasimula.**

**93:1-2** Ang istropang ito ay naglalarawan kay YHWH bilang namumunong Hari ng paglalang (cf. Awit 47:2; 96:10; 97:1; 99:1). Ang una sa apat na MGA PANDIWA ng Awit 93:1 ay MGA GANAP.
1. naghahari – BDB 573, KB 590, *Qal* GANAP, cf. Awit 96:10
2. nananamit – BDB 527, KB 519, *Qal* GANAP (dalawang beses)
3. binigkis ang Kaniyang sarili – BDB 25, KB 25, *Hithpael* GANAP, tingnan na binigkis Niya ang Kaniyang sarili, na nagpapakilala ng pagka-soberano ni YHWH

Ito ay tila nakakagulat na ang susunod na dalawang MGA PANDIWA ng Awit 93:1, na

nagpapahayag ng Kaniyang mundo na lubusang naitatag (cf. 93:2, isang *Niphal*; Awit 96:10) at ito ay hindi maigagawa, ay kapwa MGA DI-GANAP, na nagpapakilala ng isang nagpapatuloy na pagkilos (cf. 1 Cronica 16:30). Sa kontekstong ito, ang MGA GANAP ay nagpapakilala ng nakalipas panahon at ang MGA DI-GANAP na pangkasalukuyang/panghinaharap na panahon, ngunit may hangganan sa panahong ito.

**93:1** Pansinin na ang mga ito ay GANAP MGA PANDIWA na nagpapahayag ng maharlikang kasuotan ni YHWH. Ang Kaniyang kasuotan ay isang patalinghagang paraan ng pagpapahayag ng Kaniyang katangian at kapangyarihan.

1. nananamit ng pagkamaharlika (BDB 145)
2. nananamit na may kalakasan (BDB 738)

Awit 104:1 ay nagpapahayag na Siya ay nakadamit sa "kaningningan" (BDB 217) at "pagkamaharlika" (BDB 214). Ang Awit 6:5-6 ay nagpapahayag na Siya ay binigkis ng "kapangyarihan" (BDB 150).

**93:2** Ang walang-hanggan pamumuno ng walang-hanggang YHWH (cf. Awit 93:5c; 45:6; 90:2) ay matitiyak (cf. Awit 10:16; 29:10; 46:10; 52:7)! Ang mga pangyayari ay tila sa mataas ngunit sila ay sandali lamang. Ang ating Diyos ay naghahari (cf. Daniel 2:44; 7:14,27; Lucas 1:33; Pahayag 11:15,17; 19:6)!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 93:3-5**

**3 Ang mga baha ay nagtaas, Oh Panginoon,**
**ang mga baha ay nagtaas ng kanilang hugong;**
**ang mga baha ay nagtaas ng kanilang mga alon.**
**4 Ng higit sa mga hugong ng maraming tubig,**
**malalakas na hampas ng alon sa dagat,**
**ang Panginoon sa itaas ay makapangyarihan.**
**5 Ang iyong mga patotoo ay totoong tunay:**
**ang kabanalan ay nararapat sa iyong bahay,**
**Oh Panginoon, magpakailan man.**

**93:3-4** Ang NASB ay hinahati ang Awit na ito sa dalawang mga istropa, 93:1-2 at 93:3-5, ngunit lahat ng ibang Ingles na mga salin na ginagamit ko sa paghahambing ng mga paghahati ng istropa (NKJV, NRSV, TEV, NJB), ay mayroong Awit 93:5 bilang isang hiwalay na pangwakas na pahayag.

Awit 93:3-4 ay nagpapahayag ng paglalang at pamamahala ni YHWH sa pantubig na *chaos* (cf. Awit 74:12-17; 89:9-10; Isaias 51:9). Habang ang Awit 93:1 ay may pag-iiba sa pagitan ng MGA GANAP at MGA DI-GANAP na nagpapakilala ng nakalipas at pangkasalukuyang/panghinaharap na mga gawa ng panahong ito (cf. Zacarias 14:9), kaya gayundin, ang Awit 93:3. Walang PANDIWA sa 93:4, ngunit ito rin ay nagpapakilala kay YHWH bilang walang-hanggan, matagumpay na Hari sanlibutan!

**93:3** Ang PANDIWA (BDB 669, KB 724) ay ginamit nang tatlong beses, minsan sa bawat hanay ng panulaan. Ang talatang ito ay maaaring magpakilala ng isang patulang hanay na ginamit kay *Ba'al* na matatagpuan sa mga teksto ng Ras Shamra (i.e., Ugaritiko). Ang Hebreong wika ay kadalasang kinukuha ang pangrelihyong paglalarawan ng kanilang mga kapit bansa/ mga bihag at ibibilang ito kay YHWH, ang tanging tunay na Diyos!

**93:4 "malalakas"** Ang PANG-URI (BDB 12) ay ginamit paglalarawan ng mga rumaragasang alon (i.e., mga kaaway ng Diyos sa paglalang at haba ng panahon, tulad ng Ehipto, Babilonya) ngunit si YHWH ay mas mataas, mas dakila, mas makapangyarihan kaysa lahat ng mga kaaway (panimula, pansamantala, at eskatolohiko)!

**93:5 “mga patotoo”** Ang terminong ito (BDB 730 III) ay nagpapakilala kapahayagan ni YHWH. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos. Si YHWH

1. ay naitatag ang Kaniyang sarili bilang Hari magpakailan man
2. ay matagumpay lamang sa pantubig na *chaos*
3. ay lubusang inihayag ang Kaniyang sarili (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel) at Kaniyang mga layunin (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH)

▣ **“ang kabanalan ay nararapat sa iyong bahay”** Para sa “kabanalan” tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian. Ang AB, vol. 17, ni Mitchell Dahood (tingnan din ang NIDOTTE, vol. 3, #2, p. 2) ay kinukuha ang “banal” bilang isang titulo para sa mga anghel ng makalangit na konseho (cf. Awit 29:1), samakatuwid ay ginagawa ang linya sa basahing

“Sa iyong templo ang mga banal ay pupuri sa iyo” (pp. 339, 343).

▣ Ang PANDIWA “nararapat” ay maaaring suriin ng dalawang paraan.

1. isang PANDIWA – BDB 610, KB 659, *Pilel* GANAP (*OT Parsing Guide* by Beall, Banks at Smith, p. 449)
2. isang PANG-ABAY – BDB 610 (*Analytical Key to the OT*, ni Owens, p. 425)

“Ang bahay” ay tumutukoy sa Tabernakulo ng ilang at lumaon ay sa templo ng Herusalem.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Awit bang ito ay tumutukoy sa panimulang paglilikha o ang exodo?
2. Paano maiuugnay ang Awit sa mga paksa ng ANE ng
    a. matubig na kaguluhan
    b. ang Diyos bilang isang maka-Diyos na mandirigma
3. Ano ang pinatutungkulan ng “mga patotoo”?

# AWIT 94

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Nagsamo sa Panginoon upang Ipaghiganti ng Kanyang Bayan<br>Walang Panimula sa MT | Diyos ang Kublihan ng mga Matutuwid | Isan Panalangin sa Pagpapa-laya mula sa Masamang Tao | Diyos ang Hukom ng Lahat | Ang Diyos ng Katarungan |
| 94:1-7 | 94:1-3 | 94:1-3 | 94:1-4 | 94:1-2 |
| | | | | 94:3-4 |
| | 94:4-7 | 94:4-7 | | |
| | | | 94:5-7 | 94:5-6 |
| | | | | 94:7-8 |
| 94:8-11 | 94:8-11 | 94:8-11 | 94:8-11 | |
| | | | | 94:9-11 |
| 94:12-16 | 94:12-15 | 94:12-15 | 94:12-15 | 94:12-13 |
| | | | | 94:14-15 |
| | 94:16-19 | 94:16-23 | 94:16-19 | 94:16-17 |
| 94:17-23 | | | | |
| | | | | 94:18-19 |
| | 94:20-23 | | 94:20-23 | 94:20-21 |
| | | | | 94:22-23 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Pansinin ang bilang ng MGA PANAWAGAN na mayroon sa NASB.
   1. Oh Panginoon (YHWH), Awit 94:1,3,5,18
   2. Diyos (*El*) ng paghihiganti (BDB 608), Awit 94:1 (dalawang beses)
   3. Oh Panginoon (*Yah*), Awit 94:12 (cf. 94:7)

B. Pansinin ang mga paraan na si YHWH ay ipinakilala sa pangalan/ mga titulo/ mga parirala.
   1. Diyos ng paghihiganti, Awit 94:1
   2. Hukom ng mundo, Awit 94:2
   3. Diyos ni Jacob, Awit 94:7
   4. Panginoon, isang muog, Awit 94:22
   5. Diyos ang bato, Awit 94:22
   6. Panginoon ating *Elohim*, Awit 94:23

C. Ang Awit na ito ay umiiyak para sa katarungan ng kasunduang Diyos upang ihayag ang Kaniyang sarilli sa mundong ito. Ang kasamaan at kalikuan ay kasalukuyang umiiral ngunit sa Kaniyang sariling panahon, ang Diyos ay magtatanggol (i.e., hold court) ng matuwid. Ang Awit na ito ay nagpapaalala sa aking parabula ni Hesus sa Mateo 13:24-30. Sa panahon, at sa tamang panahon, ang Diyos ay kikilos upang pagpalain at tanggapin ang matuwid ngunit hatulan at tanggihan ang mga bulaang taga-sunod. Sa OT at NT, hindi lahat ng tila mga taga-sunod ay matapat na mga taga-sunod. Mayroong mga bulaan (cf. Mateo 7:15-27). Tingnan ang Natatanging Paksa: Apostasya.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 94:1-7**

**1Oh Panginoon, ikaw na Diyos na kinauukulan ng panghihiganti,**
**ikaw na Diyos na kinauukulan ng panghihiganti, sumilang ka.**
**2Bumangon ka, ikaw na hukom ng lupa:**
**ibigay mo sa palalo ang panghihiganti sa kanila.**
**3Panginoon, hanggang kailan ang masama,**
**hanggang kailan magtatagumpang masama?**
**4Sila'y dumadaldal, sila ay nagsasalita na may kapalaluan:**
**lahat na manggagawa ng kasamaan ay nangagmamalaki.**
**5Kanilang pinagwawaraywarang iyong bayan,**
**Oh Panginoon, at dinadalamhati ang iyong mana.**
**6Kanilang pinapatay ang bao at ang taga ibang lupa,**
**at pinapatay ang ulila.**
**7At kanilang sinasabi, ang Panginoo'y hindi makakakita,**
**ni pakukundanganan man ng Diyos ni Jacob ito.**

**94:1-7** Ang istropang ito ay nagpapahayag ng kabiguan ng isang matapat na tagasunod nang nakikita niya ang kawalan ng kabanala ng nag-aangkin na kilala ang Diyos (i.e., ibang mga pangkasunduang kasama, ay tila mayaman at makapangyarihan). Sila namumuhay at kumikilos na tila walang Diyos ng katarungan (i.e., mga praktikal na ateista).

Pansinin
1. sila ay palalo, Awit 94:2b
2. sila ay nagtatagumpay, Awit 94:3b
3. sila ay nagpapahayag (sa literal ay "ibubuhos," cf. Awit 59:7; Kawikaan 15:2) na may kapalaluhan, Awit 94:4a (cf. Awit 31:18; 75:5)

4. sila ay nangagmamalaki, Awit 94: 4b, cf. Awit 10:3; 52:1
5. Kanilang pinagwawaraywaray ang mga matapat na taga-sunod ng Diyos, Awit 94:5a (i.e., ginamit ng nasusuhulang hukuman sa Job 5:4; 22:9; Awit 10:18; 72:4; 74:21; Kawikaan 22:22; Isaias 3:15)
6. kanilang dinadalamhati ng mana ng Diyos, Awit 94:5b, cf. 94:14
7. sila ay pumapatay (maaaring literal o paglalarawan sa kawalan ng mga pang-kautusang karapatan)
    a. ang balo
    b. ang taga ibang lupa
    c. ang ulila (cf. Exodo 22:21-24; Deuteronomio 10:18; 14:29; 26:12-15)
8. kanilang pinapahayag na hindi nakikita o walang pakialam ang Diyos sa kanilang mga pagkilos, Awit 94:7 (cf. Awit 10:11; 59:7; 64:5; 73:11; Job 22:13; Isaias 29:15; 47:10; Ezekiel 8:12; Malakias 2:17)

**94:1-2** Mayroong tatlong mga kahilingan sa panalangin (MGA PAUTOS) na nagsusumamo sa pagkilos ng Diyos.
1. sumilang – BDB 422, KB 424, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 80:1,3,7; ito ay ginamit sa "Pagpapala ni Moises" sa Deuteronomio 33:2
2. bumangon – BDB 669, KB 724, *Niphal* PAUTOS; tingnan ang mga tala sa Awit 3:7 at 7:6
3. ibigay ang paghihiganti (sa literal ay "ibalik") – BDB 996, KB 1427, *Hiphil* PAUTOS, cf. Deuteronomio 32:41,43; Isaias 66:15

**94:1 "panghihiganti"** Ang PAMBABAENG termino (BDB 668) ay PANGMARAMIHAN. Ang NASB margin ay isinasalin ito bilang "mga gawa ng paghihiganti." Ang PANGLALAKI na anyo ay makikita sa Deuteronomio 32:35,41. Ang paghihiganti ay ang gagawin ni YHWH kapag linabag ang Kaniyang kasunduan. Minsan, ito ay maiuugnay sa Kaniyang sariling bayan (cf. esp. Levitico 26; Deuteronomio 27-32; Jeremias 5:9,29; 9:9; Mic. 5:14), minsan sa paganong mga bansa (cf. Awit 79:10; 149:7; Isaias 59:18; 63:4; Nahum 1:3).

**94:2 "ng lupa"** Ang Hebreong terminong ay may malawak na semantikong pagkakagamit (cf. NIDOTTE, vol. 1, pp. 518-526). Tanging ang konteksto ang makakapagpasya (tingnan ang Natatanging Paksa: Lupain, Bansa, Mundo). Dito ito ay maaaring tumukoy sa
1. lahat ng ang planeta (i.e., si YHWH ang Hukom ng lahat ng mundo, cf. Genesis 18:25)
2. ang Lupang Ipinangako, si YHWH ang Kasunduang Diyos

Ang opsyon na babatay sa kung sino ang "masasama" sa Awit 94:3 ay.
1. hindi mga Israelita
2. mga Israelita

Sa aking palagay, opsyon #2 ay pinakaakma sa awit na ito dahil sila ay pinaparatangan ng pagsuway sa mga kautusan ni Moises (cf. Awit 94:6) at samakatuwid ay tinawag na "walang saysay sa bayan" (cf. 94:8a). Si YHWH ang matuwid Hukom (cf. Genesis 18:25; Mga Hukom 11:27; Ps 7:11; 50:6; 75:7; Isaias 33:22).

**94:3 "hanggang kailan. . ."** Ang wikaing ito ay isang paraan ng pagtatanong
1. bakit hindi kumikilos ang Diyos sa katarungan – Awit 6:3; 74:10; Habakkuk 1:2; Zacarias 1:12
2. papatawarin ba ng Diyos ang Kaniyang bayan – Awit 13:1; 79:5; 80:4; 90:13; Isaias 6:11
3. bakit nagpapatuloy ang masasama sa kanilang mga pagkilos – Exodo 10:3; 1 Samuel 1:14; 1 Mga Hari 18:21; Awit 82:2; Jeremias 4:14; 12:4; Osea 8:5; Habakkuk 2:6

Hindi naiintindihan ng mga tao ang kaisipan, panahon, mga layunin ng Diyos (cf. Isaias 55:9-11). Ang wikaing ito ay nagpapahayag ng kakulangang ito ng kaalaman sa pamamagitan ng isang katanungang ayos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 94:8-11**

8 **Gunitain ninyo, ninyong mga hangal sa gitna ng bayan:**
**at ninyong mga mangmang, kailan tayo magiging pantas?**
9 **Siyang lumikha ng pakinig, hindi ba siya makakarinig?**
**Siyang lumikha ng mata, hindi ba siya makakakita?**
10 **Siyang nagpaparusa sa mga bansa, hindi ba siya sasaway,**
**sa makatuwid baga'y siyang nagtuturo sa tao ng kaalaman?**
11 **Nalalaman ng Panginoon ang mga pagiisip ng tao,**
**na sila ay pawang walang kabuluhan.**

**94:8-11** Ang istropang ito ay nagpapakita kung gaano kawalang-saysay ito na isipin ang hindi nalalaman ng Diyos (Awit 94:7).

1. Awit 94:9 ay nagpapahayag ng Diyos bilang manlilikha ng katawan ng tao (i.e., tainga, mata)
2. Awit 94:10 ay nagpapahayag ng Diyos na naghahayag ng katotohanan sa
   a. ang mga bansa (Awit 94:10a)
   b. lahat ng mga tao (Awit 94:10b)

Ang konklusyon ay nalalamang ni YHWH ang mga kaisipan, mga hangarin, at mga pagkilos ng marupok na sangkatauhan (cf. Awit 94:11; 11:4; 33:13-14; 66:7; Job 11:11; 31:4; 34:21-23; Jeremias 16:17; 32:19; Osea 7:2; Hebreo 4:13). Tayo ay isang bukas na aklat sa harapang ng ating manlilikha! Ang mga isipan nilang hindi matapat na mga taga-sunod (Awit 94:15) ay walang kabuluhan (BDB 210 I, cf. Awit 94:4-7,8).

**94:8 "ninyong mga hangal"** Ito ay isang *Qal* TAHAS NA PANDIWARI (BDB 129, KB 146), na nagmula sa augat para sa baka o hayop (BDB 129). Ang PANGNGALAN ay ginamit na kaagapay sa hayop sa Awit 73:22. Ito ay nagpapakilala na ang ilang tao ay gumagawa ng tulad sa isang hayop, na walang moral na pagpipigil. Ito kadalasang ay nagpapakilala ng mga mananamba sa diyus-diyosan (i.e., Jeremias 10:8).

▣ **"sasaway"** Ito PANDIWA (BDB 406, KB 410, *Hiphil* DI-GANAP) ay isang termino sa hukuman. Ang buong Awit na ito ay nagtuturo sa mga hukom na dapat magpakilala kay YHWH ngunit nakakagulat na nagpapakilala sa nalugmok na mundo.

Mayroong isang paglalaro ng salita sa pagitan ng "pagpapalo" (BDB 415) at "pagsaway" (BDB 406) na madalas na makikita (cf. Awit 6:1; 38:1; Kawikaan 9:7; Jeremias 2:19) at ibinibilang na may pananagutan ang tao para sa Kaniyang mga kapahayagan.

**94:11** Sinipi ni Pablo ang talatang ito sa 1 taga-Corinto 3:20 mula sa LXX in kaniyang pagtalakay ng "marurunong" sa iglesiya ng Corinto. Ang karunungan pantao ay isang walang kabuluhan, walang saysay na hamog!

Si YHWH ay naghahayag Kaniyang sarili sa dalawang paraan.

1. kapahayagan sa kalikasan – Awit 19:1-6; taga-Roma 1:19-20
2. natatanging kapahayagan – Awit 19:7-11; 119

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 94:12-16**

12 **Mapalad ang tao na iyong pinarurusahan, Oh Panginoon,**
**at tinuturuan mo sa iyong kautusan.**
13 **Upang iyong mabigyan ng kapahingahan sa mga kaarawan ng kasakunaan,**
**hanggang sa mahukay ang hukay na ukol sa masama.**
14 **Sapagka't hindi itatakuwil ng Panginoon ang kaniyang bayan,**
**ni pababayaan man niya ang kaniyang mana.**

**[15]Sapagka't kahatulan ay babalik sa katuwiran:**
**at susundan ng lahat na matuwid sa puso.**
**[16]Sino ang babangon dahil sa akin laban sa mga manggagawa ng kasamaan?**
**Sinong tatayo dahil sa akin laban sa mga manggagawa ng kasamaan?**

**94:12-16** Habang ang Awit 94:3-7 at 8-9 ay naglalarawan ng mga salita at mga gawa ng masasama, ang istropang ito ay nauugnay sa mga matapat na taga-sunod.

1. sila ay mapalad (katangiang termino ng Karunungang Panitikan, tingnan ang mga tala sa Awit 1:1) kahit na sa disiplina ni YHWH (cf. Hebreo 12:5-13), Awit 94:12
2. sila ay mapalad sa patuturo mula sa mga kautusan ni YHWH (i.e., Natatanging Pahayag, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos at Natatanging Paksa: Pagpapala [OT]), Awit 94:12
3. sila ay binigyan ng kapahingahan (i.e., panloob na kapayapaan, BDB 1052) mula sa mga araw ng kasakunaan, hanggang sa mahukay ang hukay na ukol sa masama, Awit 94:12
4. sila ay hindi itatakuwil ni YHWH, (cf. Awit 37:28; 1 Samuel 12:22; Panaghoy 3:31), Awit 94:14
5. sila ay makakatanggap ng katarungan at magsisilakad dito, Awit 94:15

**94:16** Ang talatang ito ay nagpapakitang ng pansariling kalikasan ng Awit na ito ngunit ito ay isa ring pagsamo para sa mga kaibigan ni salmista upang tulungan at itaguyod siya (maaaring sa hukuman). Ito ay maaaring maangkop sa hari! Ngunit ang aking suliranin sa maharlikang posibilidad ay kung ito ay ang hari, bakit hindi pinalitan ang masasamang pinuno?

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 94:17-23**
**[17]Kundi ang Panginoon ay naging aking katulong,**
**ang kaluluwa ko'y tumahang madali sana sa *tirahan ng* katahimikan.**
**[18]Nang aking sabihin, Ang aking paa ay natitisod;**
**inalalayan ako ng iyong kagandahang-loob, Oh Panginoon.**
**[19]Sa karamihan ng aking mga pagiisip sa loob ko**
**ang iyong mga pagaliw ay nagbibigay lugod sa aking kaluluwa.**
**[20]Makikisama ba sa iyo ang luklukan ng pagkawasak,**
**na nagaanyo ng pagapi sa pamamagitan ng palatuntunan?**
**[21]Sila'y nagpipisan laban sa kaluluwa ng matuwid,**
**at pinarusahan nila ang walang salang dugo.**
**[22]Nguni't ang Panginoon ay naging aking matayog na moog;**
**at ang Diyos ko'y malaking bato na aking kanlungan.**
**[23]At dinala niya sa kanila ang kanilang sariling kasamaan,**
**at ihihiwalay niya sila sa kanilang sariling kasamaan;**
**ihihiwalay sila ng Panginoon naming Diyos.**

**94:17-23** Ang istropang ito ay isang kalipunan ng mga pahayag at mga bunga.

1. si YHWH ang aking naging tulong, kaya hindi ako mamatay, Awit 94:17
2. kapag ang kaisipan ko ay nanghina, ang di-nagbabagong pangkasunduang pag-ibig ni YHWH ang nagpapanatili sa akin, Awit 94:18
3. kapag ako ay nabalita, inaaliw ni YHWH ang aking kaluluwa, Awit 94:19
4. si YHWH ay kaniyang tanggulan at bato ng kanlungan, Awit 94:22 (cf. Deuteronomio 32:15; Awit 18:1-2; 62:6-7; tingnan ang mga tala sa Awit 5:11)
5. si YHWH ay binalik sila (katulad na PANDIWA sa 94:2) sa kalikuan ng kanilang sariling kasamaan, Awit 94:20-21,23 (#4 at 5 ay magkasama)

**94:17**
**NASB** **"sa *tirahan ng* katahimikan"**
**NKJV, JPSOA** **"sa katahimikan"**
**NRSV, TEV** **"sa lupain ng katahimikan"**
**NJB** **"sa katahimikan"**
**LXX** **"sa Hades"**

Ito ay paglalarawan para sa kamatayan (cf. Awit 115:17; i.e., *Sheol*, tingnan ang Natatanging Paksa: *Sheol*). Ang kamatayan ay nakikita bilang isang dako ng kamalayan ngunit katahimikan (cf. Awit 6:5).

**94:18 "Ang aking paa ay natitisod"** Sa Bibliya, ang buhay ng isang tao ay ipinakilala bilang isang daan/ landas/ paraan. Sa positibo, ang landas ay panatag, patag, tuwid na walang sagabal. Sa negatibo, ang landas ay madilim, baluktot, madulas na maraming mga sagabal.

**94:20**
**NASB** **"ang luklukan ng pagkawasak"**
**NKJV** **"ang luklukang ng kasamaan"**
**NRSV** **"mga masasamang pinuno"**
**TEV** **"mga masamang hukom"**
**NJB** **"isang mapanirang hukuman"**
**JPSOA** **"ang luklukan ng kawalang-katarungan"**
**LXX** **"isang trono ng kawalang-kautusan"**

Ang MT na may BDB 490 KAYARIAN BDB 217. BDB 490 ay nangangahulugang isang luklukan o lugar ng pamamahala o karangalan para sa isang hari, Mataas na Saserdote, o gubernador. BDB 217, KB 241 ay nangangahulugan ng "kapangyarihan," "kaningningan," o "pagkamaharlika." Ang Awit na ito ay isang tagpo sa hukuman; si YHWH ang hukom ng mundo (Awit 94:1-2). Ang Awit 94:16 ay nagpapakilala din isang tagpo sa hukuman. Ang talatang 20 ay tumutukoy sa mga masasamang pinuno (i.e., mga hukom). Si YHWH ay hindi maaaring maiugnay sa mga masasamang pinuno (cf. Awit 94:10-21). Ang trono, ang templo, at ang mga hukuman ay dapat magpakilala ng katangian ni YHWH. Kapag hindi nila ginawa, na kadalasang nangyayari, tanging kay YHWH lamang ang dako na ligtas!

Ang Awit 94:20 ang patunay na si YHWH ay walang bahagi sa mga nasusuhulang pagdinig sa hukuman. Ang Diyos ay liwanag at sa Kaniya ay walang kadiliman (cf. 1 Juan 1:50 at hindi nagbabago, cf. Malakias 3:6; Santiago 1:17).

▣ **"nagaanyo ng pagapi sa pamamagitan ng palatuntunan"** Ang PANDIWARI dito ay BDB 427, KB 428, *Qal*. Ito ay ginamit sa 94:9 sa paglalang na pagkilos ni YHWH sa pagbuo ng mga mata ng tao. Anong pagkakaiba! Ang mga tao ang naglalang ng kalikuah; si YHWH ang naglalang ng mga tao!

**94:21 "buhay"** Ito sa literal ay *nephesh* (BDB 659). Tingnan ang tala sa internet sa Awit 3:2.

**94:23** Ang NASB ay may "katahimikan" sa kapwa Awit 94:17 at 23, ngunit sila ay iba't-ibang mga salita sa MT. Sa Awit 94:23 (dalawang beses) ito ay "si YHWH ay pupuksa" (BDB 856, KB 1035, *Hiphil* DI-GANAP). Ito ay makikita nang dalawang beses para sa pagbibigay-diin.

Isa lamang pang-gramatikong puna. Pansinin na ang lahat ng tatlong MGA PANDIWA sa Awit 94:22 ay MGA DI-GANAP, ngunit sila ay isinaling sa Ingles bilang isang NAKALIPAS at dalawang PANGHINAHARAP NA MGA PANDIWA (NRSV, TEV lahat ng tatlong PANGHINAHARAP). Tanging ang konteksto ang magpapasya ng sangkap ng panahon ng Hebreong MGA PANDIWA.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang teolohikong suliranin sa pagitan ng Awit 94:1-2 at 94:3?
2. Sino ang masasama" ng Awit 94:3?
3. Paanong ang Awit 94:6 ay tulad ng Deuteronomio?
4. Ang Awit 94:10 ay tumutukoy ba sa lahat ng mga tao o Israel?
5. Ang Awit 94:16 ba ay nasa isang tagpuan sa hukuman?
6. Ilang mga istropa ang makikita sa Awit 94:16-23?

# AWIT 95

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpuri sa Panginoong, at Babala sa Di-paniniwala<br>Walang Panimula sa MT | Isang Panawagan sa Pagsamba at Pagsunod | Isang Liturhiya ng Pagiging Hari ng Diyos | Isang Awit ng Pagpuri | Paanyaya sa Pagpuri |
| 95:1-5 | 95:1-5 | 95:1-5 | 95:1-5 | 95:1-2 |
| | | | | 95:3-5 |
| 95:6-7 | 95:6-7b | 95:6-7b | 95:6-7b | 95:6-7b |
| | 95:7c-11 | 95:7c-11 | 95:7c-11 | 95:7c-9 |
| 95:8-11 | | | | |
| | | | | 95:10-11 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 95:1-5**
**1 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsiawit sa Panginoon:**
**tayo'y magkaingay na may kagalakan sa malaking bato na ating kaligtasan.**
**2 Tayo'y magsiharap sa kaniyang harapan na may pagpapasalamat,**
**tayo'y magkaingay na may kagalakan sa kaniya na may mga pagaawitan.**
**3 Sapagka't ang Panginoon ay dakilang Diyos,**
**at dakilang Hari sa lahat ng mga diyos,**
**4 Na sa kaniyang kamay ang mga malalim na dako ng lupa,**
**ang mga kataasan ng mga bundok ay kaniya rin.**
**5 Ang dagat ay kaniya, at kaniyang ginawa ito:**

**at ang kaniyang mga kamay ay lumikha ng tuyong lupa.**

**95:1-5** Ang istropang ito ay isang panawagan (PAUTOS at 4 MGA PANGPANGKAT) sa pagpupuri kay YHWH bilang Hari at Manlilikha.

1. O magsiparito – BDB 229, KB 246, *Qal* PAUTOS
2. tayo ay magsiawit na may kagalakan – BDB 943, KB 1247, *Piel* PANGPANGKAT, cf. Awit 66:1; 81:1
3. tayo ay magkaingay na may kagalakan – BDB 929, KB 1206, *Hiphil* PANGPANGKAT
4. tayo ay magsiharap sa Kaniyang presensiya (i.e., templo) – BDB 869, KB 1068, *Piel* PANGPANGKAT
5. tayo ay magkaingay na may kagalakan – BDB 929, KB 1206, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan

Ang mga ito ay panawaga sa pagsamba sa templo. Ang pagsamba ay dahil si YHWH ay

1. ang bato ng ating kaligtasan – ito at ang mga katulad na paglalarawan ay gumaganap bilang mga titulo karamihan sa Awit at Isaias
   a. Diyos ng aking kaligtasan – Awit 88:1; (cf. Awit 24:5; 27:9)
   b. aking tagapagligtas at aking Diyos – Awit 42:5-6,11; 43:5
   c. aking bato at aking kaligtasan – 2 Samuel 22:47; Awit 62:2,7; 89:26; 95:1
   d. Diyos na aking Tagapagligtas – Awit 65:5; 68:19; 85:4; 149:4 (tingnan ang NIDOTTE, vol. 2, p. 561)
2. isang dakilang Diyos (*El*), cf. Awit 48:1; 96:4; 135:5; 145:3
3. isang dakilang Hari (cf. 1 Samuel 8:7)
4. na ibabaw ng lahat ng mga diyos (cf. Exodo 18:11; Awit 96:4; 97:9; 135:5, tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo; ito ang paggamit ng *Elohim*, na kailangang mapanatili ang PANGMARAMIHAN na anyo, cf. Exodo 3:6; 20:3, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos

**95:1 "malaking bato na ating kaligtasan"** Ang paglalarawan ng Diyos ng Israel bilang isang bato ay inuulit (cf. Deuteronomio 32:4, 15,18,30,31; 1 Samuel 2:2; 2 Samuel 22:3,32,47; 23:3; Awit 18:2, 31,46; 28:1; 61:2,7; 78:35; 89:26; 92:15; 94:22). Ito ay naglalarawan sa Kaniya bilang malakas, walang-hanggan, matatag, at isang dako ng kaligtasan at katiwasayan!

**95:4 "ang mga malalim na dako ng lupa"** Ang salitang "mga kalaliman" (מחקר, BDB 350, KB 571) ay makikita lamang dito. Ito ay isang KAYARIAN na ugnayan sa "mundo" at kaagapay sa "mga tuktok ng mga bundok." Ito ay maliwanag na patulang hanay ng isang pisikal na paglalang (i.e., Awit 95:4-5), na nagpapakilala paglalang ni YHWH ng lahat ng pisikal na mga katangian ng planetang ito. Siya ang Hari at Manlilikha ng pisikal na katotohanan (hindi ng ibang mga diyus-diyosan ng ANE katha). Ngayon ang katanungan ay, "Ang pisikal na paglalang ba ay sapalaran o may layunin?" Ang mga mananampalataya ay sumisigaw ng "may layunin"!

Isa lamang dagdag na kaisipan. Sa naunang talata, aking inugnay ang Awit 95:4 sa 95:3a. Maaaring iugnay ito sa 95:3b. Kung gayon, samakatuwid "ang mga kalaliman" at "ang mga bundok" ay mga dakong inaasahan nandoon ang mga diyus-diyosan ng ANE. Sa mga dakong iyo, hindi ito ang "mga diyus-diyosan" (*elohim*) ngunit si YHWH, ang *Elohim* ng paglalang (Genesis 1-2) na naghahari!

▣ **"kamay"** Pansinin ang "kamay" ay muling makikita sa Awit 95:5. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay.

**95:5 "Ang dagat. . .Kaniyang ginawa ito"** Ito ay nakakagulat na sa Genesis 1, ang tanging sangkap na mundo na hindi isinawika sa pag-iral ay tubig (alat at tabang). Inihiwalay ng Diyos ang mga tubig at namahala sa kanilang mga hangganan ngunit hindi Niya isinawika nag paglalang sa kanila, gayundin, Awit 104.

Gayunman, ang teolohikong pagpapahayag na Siya nag lumikha ng lahat ng bagay kasama ang "seas" ay linikha sa Nehemiah 9:6; Awit 95:5; 146:6; Jonas 1:9.

Pansinin din na ang Awit 95:5b ay nagpapahayag binuo ng Diyos (BDB 427, KB 468, *Qal* GANAP) ang tuyong lupain. Genesis 1:9-10 ay nagpapahayag na ito ay isinawikang salita. Tandaan ito ay paglalarawan sa ANE. Hindi dapat tayo gumagaw ng teolohiya sa mga patulang linya. Sa aking palagay, ang Genesis 1-11 ay kapwa pangkasaysayan at pampanitikan. Mangyaring tingnan ang exegetical na komentaryo sa Genesis sa www.freebiblecommentary.org. Ang kanluranin, makabagong tao ay lubhang napalayong literal at atomistiko sa kanilang pag-aaral ng Banal na Kasulatan (tingnan sa internet ang Seminar ng Pagbibigay-kahulugan sa Bibliya).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 95:6-7**

**6 Oh magsiparito kayo, tayo'y magsisamba at magsiyukod;**
**tayo'y magsiluhod sa harap ng Panginoon na May-lalang sa atin.**
**7 Sapagka't siya ay ating Diyos,**
**at tayo'y bayan ng kaniyang pastulan, at mga tupa ng kaniyang kamay.**
**Ngayon, kung inyong didinggin ang kaniyang tinig!**

**95:6-11** Ang istropang ito ay ipinapahayag sa Kasunduang bayan, tinatawag sila sa

1. pagsamba (Awit 95:6)
   a. magsiparito (sa literal ay "pumasok"; iba't-ibang mga salita mula sa Awit 95:1 ngunit kaagapay) – BDB 97, KB 112, *Qal* PAUTOS
   b. tayo ay magsisamba – BDB 1005, KB 295, *Hishtaphel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan
   c. tayo ay magsiyukod – BDB 502, KB 499, *Qal* PANGPANGKAT
   d. tayo ay magsiluhod – BDB 138, KB 159, *Qal* PANGPANGKAT
2. tumugon sa pananampalataya (Awit 95:7)
3. huwag maging matigas ang puso, na gaya nila sa nakalipas (i.e., yugto ng paglalagalag sa ilang, Awit 95:8-11)

**95:6 "May-lalang sa atin"** Genesis 2:7 ay naglalarawan ng ang natatanging pagbuo kay Adan. Ang mga hayop ay sinasabing binuo din sa lupa sa Genesis 2:19 (katulad na PANDIWA, BDB 427, KB 428).

Sa Awit 139:13-16 ("hinabi," BDB 697, KB 754) at Job 31:15 ("ginawa," BDB 793, KB 889, gayundin sa Awit 139:15) ang Diyos ang bumuo sa bawat tao sa sinapupunan. Ang pagkakaiba ay pampanitikan ngunit ang katotohanan ay ang Diyos ang gumawa nito/ginagawa ito (cf. Awit 100:3; 149:2; Isaias 17:7; Osea 8:14). Ang mga tao ay natatanging nilalang ng Diyos sa Kaniyang larawan at wangis (Genesis 1:26-27) para sa ang layunin ng pagsasama! Ang di-makita ito ay di-makita ang halaga at dangal ang sangkatauhan (cf. Awit 8).

**95:7c-11** Ito ay nakakawili kung paanong inuuri ng OT na magkakaiba ang yugto ng paglalagalag sa ilang.

1. positibo
   a. Deuteronomio 32:10-14
   b. Jeremias 2
   c. Osea 2:15; 9:10; 11:1-2
2. negatively
   a. Bilang 14:1-17
   b. Awit 95:8-11
   c. Ezekiel 23

Ito ang suliranin ng lahat ng ating buhay. Walang perpekto. Mayroong mabubuting araw at masasamang araw, mga bagahi ng kalakasan at kahinaan. Salamat Diyos para sa Kaniyang di-nagbabago, mahabaging katangian, ang Bagong Kasunduan (i.e., Jeremias 31:31-34), at Kaniyang

Mesias (i.e., NT kapahayagan).

**95:7** Ang Diyos bilang Pastol at ang Kaniyang bayan bilang mga tupa ay karaniwang paglalarawan sa OT (tingnan ang mga tala sa Awit 23).

Ang pagkamalapit sa pagitan ng Pastorl at tupa ay malakas at nagpapatuloy. Ito ay katawa-tawa at mapanganib para sa tupa na hindi pakinggan ang kanilang pastol! Ang Pagbagsak ay nakaapekto sa ating lahat!

1. sila ay hindi nakinig (Awit 95:7c, sinipi sa Hebreo 3:7-11,15; 4:7)
2. tumigas ang kanilang mga puso
   a. Meribah – Exodo 17:7; Bilang 20:13
   b. Massah – Exodo 17:7; Deuteronomio 6:16
3. sinubukan nila ang Diyos – Bilang 14:22

Maraming sa mga saling Ingles ay nagsimula ng isang bagong talata sa Awit 95:7c dahil sa puntong ito ng Awit, si YHWH ang nagsasalita (i.e., Awit 95:7c-11).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 95:8-11**
**8Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso, gaya sa Meriba,**
**gaya sa kaarawan ng Masa sa ilang:**
**9Nang tuksuhin ako ng inyong mga magulang,**
**tinikman ako, at nakita ang gawa ko.**
**10Apat na pung taong namanglaw ako sa lahing yaon,**
**at aking sinabi, Bayan na nagkakamali sa kanilang puso.**
**At hindi naalaman ang aking mga daan:**
**11Kaya't ako ay sumumpa sa aking poot,**
**na sila ay hindi magsisipasok sa aking kapahingahan.**

**95:9** Ang katotohanan na ang Israel ay nakaranas ng mga himala sa exodo at mga pagkalinga at pagtustos sa ilang ay ginawa ang kanilang kawalang pananampalata at kakulangan ng pagtitiwala na mas malubhang lahat.

**95:10 "apatnapu"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Simbolikong Bilang sa Banal na Kasulatan. Ang apatnapu ay kadalasang isang umiikot na bilang.

**95:11 "ako ay sumumpa sa aking poot"** Ang mga tao ay napilitang gumamit ng talasalitaan ng mundong ito sa paglalarawan sa Diyos, sa Kaniyang isipan, damdamin, at mga pagkilos ngunit sila ay mga talinghaga lamang (tingnan ang Natatanging Paksa: Diyos na Inilalarawan bilang Tao).

Ang mga talinghagang ito ay totoong ngunit hindi lubos. Kanilang matapat na pinaninindigan ang katotohanan ng mga kahihinatnan ng kawalang pananampalataya at paghihimagsik, kapwa sa panahon at pagkatapos! Ang salin-lahi ng mga Israelita, kasama sina Aaron at Moises, ay hindi nakapasok sa Canaan (cf. Hebreo 3-4; Deuteronomio 3:20; 12:9; 25:19).

Ang salmista ay nasusumamo sa pagsamba, pagtitiwala, at pagsunod kay YHWH. Siya ay karapatdapat sa pagpupuri at pananampalataya! Ang Hebreo 3-4 ginagamit ang tekstong ito upang bigyang-diin ang tatlong kaunawaan sa "pahinga."

1. kapayapaan sa Diyos
2. ang Lupang Ipinangako
3. langit

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa

liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ipaliwanag ang maaaring pinagmulan ng pariralang "bato ng ating kaligtasan."
2. Paano maiuugnay ang Awit 95:4 sa Awit 95:3b?
3. Bakit "ang dagat" ay hindi nabanggit bilang nilalang ni *Elohim* sa Genesis 1?
4. Ipaliwanag ang mga kahihinatnan ng maaaring mangyar (i.e., "kung") sa Awit 95:7c.
5. Paano natin masusubok/masusubukan ang Diyos?
6. Ipaliwanag ang paggamit ng terminong "kapahingahan" sa Hebreo 3-4, na nagsipi sa Awit na ito.

# AWIT 96

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panawagan sa Pagsamba sa Panginoon, ang Matuwid na Hukom<br>Walang Panimula sa MT | Isang Awit ng Pagpuri sa Diyos sa Darating na Kahatulan | Isang Imnong Nagdiriwang sa Pagiging Hari ng Diyos | Diyos ang Kataas-taasang Hari | Yahweh, Hari at Hukom |
| 96:1-6 | 96:1-3 | 96:1-6 | 96:1-3 | 96:1-2a |
| | | | | 96:2b-3 |
| | 96:4-6 | | 96:4-6 | 96:4-5a |
| | | | | 96:5b-6 |
| 96:7-10 | 96:7-9 | 96:7-9 | 96:7-9 | 96:7-8a |
| | | | | 96:8b-9 |
| | 96:10 | 96:10-13 | 96:10-13 | 96:10 |
| 96:11-13 | 96:11-13 | | | 96:11-12 |
| | | | | 96:13 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isang lubusang nakakatuwa at mahalagang Awit. Ito ay pinauunlad ng pangkalahatang implikasyon ang monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo). Ito rin ay pinauunlad ang implikasyon sa etikong aspeto ng monoteismo (i.e., isang mundo ng katarungan at katuwiran). Ito ay nagpapakilala ng isang eskatolohikong tagpo sa hukuman, tulad ng Mateo 25:31-46 at Pahayag 20:11-15.

B. Ang Awit na ito ay may isang eskatolohikong sanggunian. Ang buong mundo (cf. Awit 96:1,3,7,9,10,13) isang araw ay makikilala ang pangingibabaw YHWH; "Si YHWH ay

naghahari" (cf. Isaias 52:7)!

C. Ang Awit na ito ay sinipi sa 1 Cronica 16:23-33 bilang bahagi ng isang mas malawak na (mga)Awit [i.e., Awit 96:1-36] sa kaugnayan ito sa pagdadala ni David sa arko sa Herusalem. Sa konteksto, si David (LXX), si Asaph, o kaniyang pamilya ay maaaring naging taong may-akda. Ang MT ay walang panimulang parirala.

D. Ang Awit na ito na nagpapakilala ng isang pangkalahatang pagsambang kalagayan sa lahat ng tao na ang mga katangian at mga pagkilos ng isang Diyos (i.e., Hari at Hukom) ay pinupuri! Ito ang layunin ng panglabas ng bahagi ng Templo (cf. 1 Mga Hari 8:43,60; Isaias 56:7; Mateo 21:13; Marcos 11:17).

E. Ang Awit na ito sa pangkalahatan ay sapat upang umakma sa maraming pagdalaw ni YHWH. Ang "bagong awit" ay nagpapahayag ng nagpapatuloy na pagkilos ni YHWH sa katubusan, hindi lamang sa Israel, ngunit sa lahat ng laman. Ang Kaniyang kaligtasan ay pangkalahatan (cf. Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

F. Bagaman walang tiyak na pang-mesias na sanggunian, ito ay maliwanag mula sa karagdagang kapahayagan na ang kaparaanan para sa maisakatuparan ang pangkalahatang katubusan at pamumuno ay ang Mesias (tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias, i.e., Isaias 6; 9; Daniel 7; Mikas 5).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 96:1-6**

**1 Oh magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit:**
**magsiawit kayo sa Panginoon, buong lupa.**
**2 Magsiawit kayo sa Panginoon, purihin ninyo ang pangalan niya;**
**ihayag ninyo ang kaniyang pagliligtas sa araw-araw.**
**3 Ipahayag ninyo ang kaniyang kaluwalhatian sa mga bansa**
**ang kagilagilalas niyang mga gawa sa lahat ng mga bayan.**
**4 Sapagka't dakila ang Panginoon, at marapat na purihin:**
**siya ay kinatatakutang higit kay sa lahat na diyos.**
**5 Sapagka't lahat ng mga diyos sa mga bayan ay mga diosdiosan.**
**Nguni't nilikha ng Panginoon ang langit.**
**6 Karangalan at kamahalan ay nasa harap niya:**
**kalakasan at kagandahan ay nasa kaniyang santuario.**

**96:1 "magsiawit kayo sa Panginoon"** Ito ay isang PAUTOS na inuulit ng tatlong beses para sa pagbibigay-diin (gayundin sa Awit 96:7-8; ito ay isang pampanitikang paraan upang bumuo ng isang Hebreong panukdulan, cf. Isaias 6:3, o isang patulang paraan sa pagpapahayag ng pagbibigay-diin, cf. Awit 103:10,21,22; 118:2,3,4; 135:1; 136:1,2,3; Jeremias 7:4; 22:29). Ito ang kalooban ni YHWH na ang "lahat ng mundo" ay aawit at pupurihin Siya. Ito ang katungkulan ng Israel na makilala ang katangian at mga gawa ni YHWH sa mundo. Lahat ng mga nilalang ay magpupuri sa Kaniya (cf. Awit 96:11-12; 103:19-22; 145:10).

▣ **"ng bagong awit"** Ang parirala ay madalas gamitin sa Bibliya (cf. Awit 33:3; 40:3; 98:1; 144:9; Isaias 42:10; Pahayag 5:9; 14:3). Ang Diyos ay palaging gumagawa ng isang bagong pangkatubusang bagay para sa Kaniyang nilalang na tao. Ito ay tila umukoy sa Kaniyang darating na kaligtasan para sa lahat ng mga bansa (cf. Awit 96:13).

Ang salitang "bago" (BDB 294 I, cf. Awit 33:3; 40:3; 90:1; 98:1; 144:9; 149:1) ay madalas

gamitin sa Isaias na nagpapakilala ng bagong paglalang na pagkilos ni YHWH. Ang "bago" ay talagang ang ninanais maging ni YHWH sa orihinal na paglalang. Ang mga bunga at impluwensiya ng Pagbagkas ay binaliktad at tinanggal! Ang Bibliya ay nagsimula sa Eden (Genesis 1-4) at magtatapos sa isang bagong Eden (Pahayag 21-22).

Si Isaias ay gumagamit ng mga terminong ito upang ilarawan ang maraming bagay.

1. bagong mga bagay – Isaias 42:9; 48:6
2. bagong awit – Isaias 42:10 (Pahayag 5:9; 14:3)
3. may nabago – Isaias 43:19 (Pahayag 3:12)
4. bagong mga pangalan – Isaias 62:2 (Pahayag 2:17; 3:12)
5. bagong langit at bagong mundo – Isaias 65:17; 66:22 (2 Pedro 3:13; Pahayag 21:5)

▣ **"buong lupa"** Ang pangkalahatang paksa ay pinuuulit-ulit muli sa Awit na ito (cf. Awit 96:3,7, 9,10,13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Lupain, Bansa, Mundo. Mangyaring magkaroon ng panahon na tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH. Ito ang pinagsasamang sentro ng aking teolohiya.

**96:2 "purihin ang pangalan niya"** Ito rin ay isang PAUTOS (BDB 138, KB 159, *Piel*). Ang ugat ng salitang ay nangangahulugang "lumuhod" sa pagsamba. Samakatuwid, ito ay nagpapakita ng isang liturhiya o paghahayag ng pananampalataya sa templo (cf. Awit 26:12; 100:4; 134:1-2; 135:19-20; Nehemiah 9:5).

▣ **"ihayag ang kaniyang pagliligtas"** Ito ay isa pang *Piel* PAUTOS (BDB 142, KB 163). Ang mabuting balita ay maaaring tumukoy sa katangian ni YHWH o Kaniyang mga gawa ng pagpapalaya/katubusan (cf. Isaias 40:9; 41:27; 52:7; 60:6; Nahum 1:15). Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa katubusan ni YHWH sa lahat ng mundo (ang "ihayag" ng Awit 96:3a ay kaagapay, ito rin ay isang *Piel* PAUTOS, BDB 707, KB 765).

▣ **"sa araw-araw"** Ang AB ay gumagawa ng isang nakakawiling punto tungkol sa

1. maaari, ים – dagat at ים – araw ay katulad na pagbabaybay sa Ponetiko (p. 357)
2. mula sa dagat sa dagat (cf. Awit 72:8; Zacarias 9:10) ay umaakmang mas mabuti sa pangkalahatang likas ng Awit (p. 357)

Kailangang ding malaman na ang "mga dagat" ay tinutukoy sa Awit 96:11.

▣ **"kaligtasan"** Sa OT, ito (BDB 447) ay tumutukoy sa pisikal na pagpapalaya (tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan [OT]), ngunit sa NT, ang kahulugan ay binago sa espiritwal na pagpapalaya (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Panahunan ng Griyegong Pandiwa na Ginamit para sa Kaligtasan). Ang eskatolohikong Awit ay umaabot sa kapwa mga kasunduan at inuugnay ang kapwa aspeto.

**96:3 "kaluwalhatian"** Ang terminong ito ay ginamit sa Awit 96:3,7,8. Ito ay may isang malawak na paggamit sa OT. Ito ay nanggaling sa pangkalakal na gamit, "maging mabigat," bilang isang may halagang metal. Ito ay ginamit sa

1. pangalan ni YHWH – Awit 29:2; 66:2; 96:8
2. persona ni YHWH – Exodo 24:16-17; 33:18,22; 40:34-35; Bilang 14:22
3. mga pagkilos ni YHWH – Exodo 16:7,12

Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian (*kabod*, OT).

▣ **"ang kagilagilalas niyang mga gawa"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kamangha-manghang Bagay.

**96:4 "marapat na purihin. . .kinatatakutan"** Ito ay katulad ng Awit 48:1. Ang dalawang ito ay tila

hindi umakmang magkasama, ngunit sila ay kapwa nagpapakilala ng isang nararapat na pag-uugali sa Diyos. “Takot” (BDB 431, KB 432, *Niphal* PANDIWARI) ay nangangahulugang paghanga o paggalang (tingnan ang Natatanging Paksa: Takot [OT]).

▣ **“higit kay sa lahat na diyos”** Ang Awit 96:4 at 5 ay nagpapahayag ng “*elohim* ng mga tao.” Mayroong isang Hebreong paglalaro ng salita sa pagitan ng “diyos” – *elohim* (BDB 43, 96:4) at “mga idolo” – *elilim* (sa literal ay “mahina,” “wala,” BDB 47, cf. Awit 96:5; NIDOTTE, vol. 1, p. 411).

Ang mga diyos (*elohim*) ng mga bansa ay iniisip na mga nalugmok na mga anghel ng mga naunang ama ng iglesiya, ngunit sa katunayan, sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa paganong mga idolo, habang sa Awit 89:5,7 ito ay tumutukoy sa maka-anghel na konseho. Ang terminong *elohim* ay maaaring tumukoy sa (1) YHWH; (2) mga hukom o mga pinuno; o (3) mga anghel (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos).

**96:5 “nilikha ng Panginoon ang langit”** Ang pangingibabaw ni YHWH ay katibayan ng Kaniyang paglalang ng mundo (cf. Awit 96:10,11-12). Siya, at Siya lamang, ang manlilikha!

**96:6** Pansinin ang pagpapakilala ng (cf. Awit 23:6) MGA PANGNGALAN na ginamit upang ilarawan ang personal na presensiya ni YHWH.

1. kaningningan – BDB 217 I, cf. 1 Cronica 16:27; 29:11; Awit 104:1; 111:3; 145:5; 148:13; Job 37:22; 40:10; Habakkuk 3:3
2. pagkamaharlika – BDB 214, cf. 1 Cronica 16:27; Awit 90:16; 104:1; 111:3; 145:5; Job 40:11; Isaias 2:10,19,21
3. kalakasan – BDB 738, cf. 1 Cronica 16:27; Job 12:16; Awit 62:11; 63:2; 68:34; 93:1
4. kagandahan – BDB 802, cf. 1 Cronica 29:11; Awit 71:8; 89:13; Isaias 63:12,14,15

Gusto ko ang mungkahi ng UBS *Handbook* na ang #1 at #2 ay maharlikang termino (cf. Awit 21:5; 45:3), habang ang #3 at #4 ay nauugnay sa arko ng kasunduan sa Awit 78:61 (p. 834). Pansinin na ang hanay 1 ay nagtatapos sa “sa harapan Niya” (si YHWH bilang Hari) at ang hanay 2 ay nagtapos sa “Kaniyang santuario,” na nagtataglay ng arko!

Para sa isang mabuting pagtalakay sa

1. pagbibigay katauhan o antropomorpismo na ginamit sa Bibliya basahin si G. B. Carid, *The Language and Imagery of Bible*, pp. 172-182
2. mitolohiyang ginamit sa Bibliya, pp. 219-242
3. eskatolohiya ng Bible, pp. 243-271

Ang aklat na it ay naging napakalaking tulong sa aking sa pampanitikang paglalarawan Bibliya!

▣ **“nasa kaniyang santuario”** Ito ay maaaring tumukoy sa maka-langit na templo (cf. Exodo 25:8-9) o ang panlupang templo. Ang panlupa ay isa lamang na kopya ng makalangit (cf. Hebreo 8:5; 9:23). Ang Awit ng pasasalamat ng 1 Cronica 16 ay maliwanag na panlupa (cf. Hebreo 9-10).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 96:7-10**

**7 Magbigay kayo sa Panginoon, kayong mga angkan ng mga bayan,**
**magbigay kayo sa Panginoon ng kaluwalhatian at kalakasan.**
**8 Magbigay kayo sa Panginoon ng kaluwalhatiang ukol sa kaniyang pangalan;**
**kayo'y mangagdala ng handog, at magsipasok kayo sa kaniyang mga looban.**
**9 Oh sambahin ninyo ang Panginoon sa kagandahan ng kabanalan:**
**manginig kayo sa harap niya, buong lupa.**
**10 Sabihin ninyo sa gitna ng mga bansa, ang Panginoon ay naghahari:**
**ang sanglibutan naman ay natatatag na hindi makikilos:**
**kaniyang hahatulan ng karapatan ang mga bayan.**

**96:7 "magbigay"** Ang tatluhang pag-uulit (tatlo *Qal* MGA PAUTOS, BDB 396, KB 393) ay nagpapakilala sa Awit 29:1-2, kung saan ang anghel ay nagpupuri kay YHWH. Dito, ito ay lahat ng bayan ng mundo. Ang mga implikasyon ng monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo) ay pangkalahatan, hindi pambansa. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

**96:8 "ang kaluwalhatiang ukol sa Kaniyang pangalan"** Ang pangalan ay kumakatawan sa persona (cf. Isaias 42:8, tingnan ang Natatanging Paksa: Anino bilang isang Talinghaga para sa Pagkalingat at Pangangalaga). Siya ay nararapat sa kaluwalhatian at karangalan (para sa ang kahulugang ng "kaluwalhatian" sa tekstong ito cf. Malakias 1:6). Ang konsepto ay isang inuulit na paksa (cf. 1 Cronica 16:29; Awit 29:2; 66:2; 79:9).

▣Ang pangalawang hanay ng talatang ito ay may dalawa pang *Qal* MGA PAUTOS.

1. magdala ng handog – BDB 669, KB 724
2. magsipasok sa Kaniyang looban – BDB 97, KB 112

Tulad ng unang istropa (Awit 96:1-6), ito ay tumutukoy sa templong pagsamba.

**96:9 "sambahin. . .manginig"** Ang dalawang MGA PAUTOS ay kaugnay sa mga gawain sa templo.

1. pagsamba (sa literal ay "yumukod") – BDB 1005, KB 295, *Hithpael* o *Hishtaphel*), cf. Awit 29:2
2. manginig – BDB 296, KB 297, *Qal*, ang termino ay nagpapakilala ng
   a. namimilipit sa sakit
   b. pagsayaw sa pagsamba (cf. Awit 96:8, cf. NEB at Mga Hukom 21:21)
   c. pag-ikot, gaya sa labanan, na may isang sword
   d. nanginginig
      (1) ang mundo, Awit 97:4; 104:32; 114:7
      (2) ang mga tanong mananamba, Awit 96:9 (i.e., paghanga at paggalang)

▣ **"sa kagandahan ng kabanalan"** Ang pariralang ito (BDB 214 KAYARIAN BDB 871) ay di-tiyak sa Hebreo. Ito ay maaaring mangahulugang (1) pananamit na nararapat para sa pagsamba (cf. 1 Cronica 16:29; 2 Cronica 20:21; Awit 29:2; 110:3) o (2) isang sanggunian sa pagdating ng Panginoon (cf. Awit 96:13, TEV).

Maaaring isa lamang paglilinaw sa unang opsyon (i.e., nararapat na pananamit para sa pagsamba). Ang terminong *elilm* (BDB 43) ay isang di-karaniwang Hebreong salitang. Iniisip ng AB na ito ay maaaring kaugnay sa Ugaritikong terminong para sa "pagkapoot" (pp. 356, 358). Kung magkagayon, samakatuwid mayroong isang kaibahan sa ayos sa pagitan ng pagdadamit ng mga mananamba ni YHWH (Awit 96:9) at ang nakakasindak na paraaan ng pagdadamit ang pagsamba sa mga paganong idolo (Awit 96:5).

**96:10 "ang Panginoon ay naghahari"** Ito ay isang karaniwang patunay sa Awit (cf. Awit 93:1; 97:1; 99:1). Ito ay tumutukoy kay YHWH bilang hari sa lahat ng paglalang (cf. Awit 95:3-5). Siya ang naghahari ngayon (cf. Isaias 52:7) ngunit ang paghahari ay sinasalungat. Isang araw, ang Kaniyang pagiging hari ay maliwanag na maihahayag (cf. Awit 96:13; Zacarias 14:9; Mateo 6:10; 1 taga-Corinto 15:25-28).

**96:10 "ang sanglibutan naman ay natatatag na hindi makikilos"** Sa istropang ito, ang pariralang ito ay hindi tumukoy sa panimula paglalang (Genesis 1-2) ngunit ang bagong paglalang (Pahayag 21-22; 2 Pedro 3:4-7,10-13). Ang mundong ito ay napinsala ng kasalanan at paghihimagsik. Ito ay magtatagal ng mahabang panahon ngunit hindi pangmatagalan. Ito ay isang marahas na sanlibutan. Maliban na kumilos ang Diyos, ang planetang ito ay hindi makakaligtas.

▣ **"kaniyang hahatulan ng karapatan ang mga bayan"** Mayroong lamang iisang Diyos. Siya ay isang matuwid, wastong Diyos na gumagawa ng kasunduan! Ang lahhat laman ay magbibigay ng isang pagsusulit sa Kaniya (cf. Genesis 18:25; Awit 9:8; 58:11; 67:4; 94:2; 98:9; Mateo 25:31-46; Pahayag 20:11-15)!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 96:11-13**
**11 Matuwa ang langit at magalak ang lupa;**
**humugong ang dagat, at ang buong naroon;**
**12 Sumaya ang bukiran at lahat na nasa kaniya;**
**kung magkagayo'y aawit dahil sa kagalakan,**
**ang lahat na punong kahoy sa gubat;**
**13 Sa harap ng Panginoon; sapagkat siya ay dumarating:**
**sapagkat siya ay dumarating upang hatulan ang lupa:**
**kaniyang hahatulan ng katuwiran ang sanglibutan,**
**at ng kaniyang katotohanan ang mga bayan.**

**96:11-12** Ang lahat ng nilalang ay nagagalak (pagpapakilala) sa pagdating ng manlilikha (i.e., Awit 103:19-22; 145:10; Isaias 49:13; taga-Roma 8:19-22).

Pansinin lahat ng ang MGA PANGKAUTUSAN.

1. matuwa ang langit – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan; para sa "mga langit" tingnan ang Natatanging Paksa: Kalangitan
2. magalak ang lupa – BDB 162, KB 189, *Qal* PANGKAUTUSAN; ang paggamit ng "langit" at "mundo" ay isang pangwikaing paraan ng pagtawag sa lahat ng nilalang upang magpuri Diyos (cf. Genesis 1:1)
3. humugong ang dagat – BDB 947, KB 1266, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan; tandaang ang dagat ay maaaring kumatawan sa (1) panimulang may kaguluhang mga diyus-diyosan ng ANE (cf. Awit 89:9-10; 93:3-4) o (2) isang tatlong bahaging paglalang (i.e., "mga langit," "mundo," "dagat," cf. Amos 9:6; Haggai 2:6, tingnan ang NIDOTTE, vol. 2, pp. 463-465)
4. sumaya ang kabukiran – BDB 759, KB 831, *QAL* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
5. lahat ng punong kahoy. . .aawit ng kagalakan – BDB 943, KB 1247, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

**96:13 "siya ay dumarating"** Sa isang kaunawaan, si YHWH ay palaging kasama ng Kaniyang nilalang. Kaniyang ipapakita nang maliwanag ang Kaniyang presensiya sa Kaniyang nilalang. Ang paglalang ay nangangatal at nagagalak sa Kaniyang presensiya. Siya ay dumating para sa

1. pagpapala
2. kahatulan

Ang pariralang ito (BDB 97, KB 112, *Qal* PANDIWARI) ay inuulit para sa pagbibigay-diin, bilang isang panalangin, at bilang isang patunay.

**NATATANGING PAKSA: MGA TERMINO PARA SA IKALAWANG PAGDATING (SPECIAL TOPIC: TERMS FOR THE SECOND COMING)**

▣ **"in katuwiran. . .in katapatan"** Ang mga ito ay nasa pagkakaagapay na ugnayan. Ang Diyos ay totoo at matapat. Siya ang magtatakda ng lahat ng mga tamang bagay! Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran at Natatanging Paksa: Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT. Ang konseptong ito ay binanggit ring sa Awit 96:10c (i.e., katuwiran, cf. Awit 75:2; 98:9).

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong lubhang mahalaga ang Awit sa bagong kasunduan gayundin naman sa luma?
2. Itala ang mga pangkalahatang sangkap ng Awit. Ano ay kanilang implikasyon?
3. Bakit nagagalak ang kalikasan sa pagdating ni YHWH?
4. Paanong ang paghahatol ay isang araw ng ligaya?

# AWIT 97

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kapangyarihang at Kapamahalaan ng Panginoon<br>Walang Panimula sa MT | Isang Awit ng Pagpuri sa Makapangyarihang Panginoon | Imnong Nagdiriwang ng Pagiging Hari ng Diyos | Diyos ang Kataas-tasaang Pinuno | Ang Tagumpay ni Yahweh |
| 97:1-6 | 97:1 | 97:1-5 | 97:1-6 | 97:1-2 |
| | 97:2-6 | | | |
| | | | | 97:3-4 |
| | | | | 97:5-6 |
| | | 97:6-9 | | |
| 97:7-9 | 97:7-9 | | 97:7-9 | 97:7 |
| | | | | 97:8 |
| | | | | 97:9 |
| 97:10-12 | 97:10-12 | 97:10-12 | 97:10-12 | 97:10 |
| | | | | 97:11-12 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito, tulad ng Awit 96, ay may isang pangmundong pagbibigay-diin (eskatolohikong).
   1. ang mundo, Awit 97:1 (tingnan ang Natatanging Paksa: Lupain, Bansa, Mundo)
   2. ang mundo, Awit 97:4
   3. ang Panginoon (*Adon*) ng buong mundo, Awit 97:5b (cf. Josue 3:13; Mic. 4:13)
   4. lahat ng mga tao, Awit 97:6b
   5. Ikaw ang Panginoong Kataastaasan sa lahat ng sa mundo, Awit97:9a

6. Ikaw ay itinataas nang mas higit sa lahat ng mga diyus-diyosan (*Elohim*), Awit 97:9b

B. Ang paglalarawan ay maaaring ay nagmula sa
  1. Bundok Sinai, Exodo 19 (i.e., mga pagpapala, cf. Exodo 19:9; Deuteronomio 4:11)
  2. Awit 18:7-15 (i.e., kahatulan)

  Ang presensiya ni YHWH para sa pagpapala o kahatulan ay nagdudulot sa pisikal na paglalang na mangatal (cf. Awit 97:4-5).

C. Ang huling istropa ay pinapatingkad ang pagsunod na aspeto sa kasunduang pananampalataya. Madalas kong sabihin na ang ISANG GANAP na biblikal na pananampalataya ay
  1. isang persona na tatanggapin
  2. mga katotohanan tungkol sa personang iyon na pananampalatayanan
  3. isang buhay na ipamumuhay tulad ng persona

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 97:1-6**
**1Ang Panginoon ay naghahari; magalak ang lupa;**
**matuwa ang karamihan ng mga pulo.**
**2Mga ulap at kadiliman ay nasa palibot niya:**
**katuwiran at kahatulan ay patibayin ng kaniyang luklukan.**
**3Apoy ay nagpapauna sa kaniya,**
**at sinusunog ang kaniyang kaaway sa buong palibot.**
**4Tumatanglaw ang mga kidlat niya sa sanglibutan:**
**nakita ng lupa, at niyanig.**
**5Ang mga bundok ay natunaw na parang pagkit sa harap ng Panginoon,**
**sa harapan ng Panginoon ng buong lupa.**
**6Ipinahahayag ng langit ang kaniyang katuwiran,**
**at nakita ng lahat na bayan ang kaniyang kaluwalhatian.**

**97:1-6** Tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstuwal A at B.

**97:1 "Ang Panginoon ay naghahari"** Ang PANDIWA ay *Qal* GANAP (BDB 573 II, KB 590, cf. 1 Cronica 16:31; Awit 93:1; 96:10; 97:1; 99:1), na nagpapakilala ng natapos na pagkilos. Sa isang kaunawaan si YHWH ay palaging naghahari, naghahari at, maghahari magpakailan man (i.e., Siya ay Diyos, cf. Exodo 15:18; Awit 10:16; 29:10; 1 taga-Corinto 15:24-28), ngunit ang katibayan nito ay kadalasang kulang sa nalugmok na mundo. Ang pananampalataya ay nakikita at pinaninindigan ngunit isang araw, ang lahat ng kikilala at magpapatunay.

Ang DI-GANAP ay ginamit sa Awit 146:10 at ang panghinaharap na paghahari ay ipinapahayag sa Isaias 24:23; Ezekiel 20:23 at Mikas 4:7. Nalalaman natin ngayon mula sa kapahayagan ng NT na ang paghahari ng Mesias (cf. Zacarias 9:9) ay kasama sa panghahari ng Ama (cf. Jeremias 23:5; taga-Filipos 2:6-11; 1 taga-Corinto 15:24-28). Ang mga bagay ay maaaring magmukhang masama ngunit nalalaman ng mga mananampalataya na ang, "Ating Diyos ay Naghahari!" (cf. Isaias 52:7)

▣ Sa liwanag ng paghaharin ni YHWH,
1. magalak ang lupa – BDB 162, KB 189, *Qal* PANGKAUTUSAN; ito ay tumutukoy sa
   a. matapat na mga taga-sunod sa lahat ng mga bansa
   b. ang pagbabagong-loob ng mga bansa sa pananampalataya kay YHWH
2. matuwa ang karamihan ng mga pulo – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan; ang "mga pulo" (sa literal ay "mga baybayin," BDB

15) ay nagpapakilala ng isang pangkalahatang pagbibigay-diin (cf. Awit 96), na kadalasang tumutukoy sa kilalang mundo (i.e., ang mga pantalan na malapit at malayo na binisita ng Poenikong pangangalakal, i.e., Awit 72:8- 10). "Ang mundo" ng hanay 1 ay kaagapay sa "maraming pulo" ng hanay 2.

**97:2** Ang paglalarawan ng Awit 97:2a ay maaaring nagmula sa dalawang pinanggagalingan. Tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstuwal, B. Sa istropang ito, ito ay tila nagpapakilala sa Diyos ng kapahayagan (i.e., isang pagpapakita), hindi kahatulan. Ang Kaniyang mga kaaway ay natalo ngunit ang matapat ng buong mundo ay magagalak sa Kaniyang "liwanag" at presensiya!

▣ **"ulap"** Ang paggamit ng "mga ulap" sa kapwa OT at NT ay lubhang nakakawili. Aking isinama ang mga tala mula sa Deuteronomio 4:11 at Pahayag 1:7

**Deuteronomio 4:11 "kadiliman, ulap, at salisalimuot na kadiliman"** Ang pisikal ng presensiya ni YHWH ay maaaring maunawaan sa dalawang mga paraan:

1. Pagkilos ng bulkan - Exodo 19:18; Mga Awit 68:7-8; 77:18; 97:2-5; Mga Hukom 5:4-5; II Samuel 22:8; Isaias 29:6; Jeremias 10:10
2. unos - Exodo 19:16,19; Mga Awit 68:8; 77:18; Mga Hukom 5:4; Isaias 29:6; Nahum 1:3

Samakatuwid, ang malalim na kadaliman (cf. 5:22; II Samuel 22:10; I Mga Hari 8:12; II Cronica 6:1) ay maaaring:

1. mga ulap na abo
2. mga ulap na magpapaulan

Ang talukbong ito ay para sa pangangalaga sa Israel (cf. Exodo 19:18). Inisip nila na kung ang mga tao ay titingin sa Diyos sila ay mamatay (cf. Genesis 16:13; 32:30; Exodo 3:6; 20:19; 33:20; Mga Hukom 6:22-23; 13:22).
Tingnan ang Natatanging Paksa: Darating sa mga Ulap.

**Pahayag 1:7 "Narito, siya ay pumaparitong nasasa mga alapaap"** Ang talatang ito ay maaring naging isang pagbubulalas ng mga anghel sa Pahayag 1. Ito ay isang maliwanag na sanggunian sa Ikalawang Pagbabalik ni Kristo..

▣ **"katuwiran at kahatulan ay patibayin ng kaniyang luklukan"** "Throne" ay isang wikain para sa paghahari/ pagiging-hari.

Ang paghahari ni YHWH ay may isang etikal na dimensyon, gaya ng Kaniyang paglalang (cf. Awit 97:10-12).

Ang mismong pariralang ito ay ginamit sa Awit 89:14. Tayo ay dapat maging maingat na huwag ihiwalay ang pagpapawalang-sala mula sa pagpapaging-banal (cf. Mateo 28:18-20).

**97:3 "Apoy"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy.

▣ **"at sinusunog ang kaniyang kaaway sa buong palibot"** Ang AB ay inimumungkahi na ang huling parirala ng MT sa Hebreo ay maaari na muling ipasasatinig upang basahing "at nag-aalab sa palibot ng Kaniyang likod" (p. 361). Ito ay inimumungkahi na ito ang pinakamainam na paliwanag sa Awit 50:3 at Joel 2:3. Ito ay umaakmang mas mabuti sa pagkakaagapay ng Awit 97:4.

**97:4 "ng lupa"** Tulad ng iba pang maraming MGA PANGNGALAN sa Awit na ito, ito ay isang pagpapakilala, isang karaniwang Hebreong patulang pamamaraan.

**97:6** Ang talatang ito sa teolohiya at leksiko ay nauugnay sa Awit 19:1-6. Ang pangkalahatang aspeto ng kapahayagan ni YHWH ay nahayag sa paglalang/kalikasan (i.e., natural na kapahayagan, cf. taga-Roma 1:19-20; 2:14-15). Tingnan ang mga tala sa Awit 19:1-6.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 97:7-9**

[7]**Mangahiya silang lahat na nangaglilingkod sa mga larawan,**
**nangaghahambog tungkol sa mga diosdiosan:**
**kayo'y magsisamba sa kaniya kayong lahat na mga diyos.**
[8]**Narinig ng Sion, at natuwa,**
**at ang mga anak na babae ng Juda ay nangagalak;**
**dahil sa iyong mga kahatulan, Oh Panginoon.**
[9]**Sapagka't ikaw, Oh Panginoon, ay kataastaasan sa buong lupa:**
**ikaw ay nataas na totoong higit kay sa lahat na mga diyos.**

**97:7-9** Tatlong mga tao ang pinapahayagan sa istropang ito.

1. mga namamamba ng diyus-diyosan, Awit 97:7
   a. Mangahiya silang lahat (BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan)
   b. nangaghahambog (sa literal ay "kaluwalhatian," BDB 237, KB 248, *Hithpael*)
   c. kahit na ang kanilang mga bulaang diyus-diyosan ay dapat sumamba kay YHWH (BDB 1005, KB 295, *Hishtaphel* PAUTOS, sinipi sa Hebreo 1:6 mula sa LXX, cf. Deuteronomio 32:43 in LXX)
2. Ang mga Hudyo (o mga Israelita), Awit 97:8
   a. Sion ay natuwa (BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na may *waw*, cf. Awit 48:11)
   b. ang mga anak na babae ng Juda ay nangagalak (BDB 162, JKB 189, *Qal* DI-GANAP na may *waw*) dahil sa mga kahatulan ni YHWH
   c. ito ay tiyak na maaring na ang #a sa itaas ay kumakatawan para sa Herusalem at ang #b para sa nakapalibot na mga walang-pader na nayon
3. Ang Diyos ng Israel, Awit 97:9
   a. YHWH (BDB 217
   b. Kataastaasan (*Elyon*, BDB 75, cf. Awit 47:2)
   c. itinaas (BDB 748, KB 828, *Niphal* GANAP) na higit na mataas sa lahat ng mga diyus-diyosan (*elohim*, tingnan ang tala sa Awit 95:3)

**97:7 "mga larawan. . .mga diosdiosan"** Ang mga ito ay magkakaagapay na patulang pakikipag-ugnayan.

1. sa mga larawan – BDB 820; ang panimulang kahulugan ay natagpas sa isang hugis (cf. Exodo 20:4; Deuteronomio 4:16,23,25; 5:8; 27:15; Mga Hukom 18:31; Isaias 40:19,20; 42:17; 44:9,10,17; 45:20). Ito ay matatagpuan lamang dito sa Salmo ngunit isang kaugnay na ugat sa Awit 78:58.
2. mga idolo – BDB 47; ang panimulang kahulugan ay mahina, hindi sapat, walang halaga (cf. 1Cronica 16:26; Job 13:4; Awit 96:5; Isaias 2:8,18,20; Jeremias 14:14). Ito ay matatagpuan lamang ng dalawang beses sa Salmo.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 97:10-12**

[10]**Oh kayong nagsisiibig sa Panginoon, ipagtanim ninyo ang kasamaan.**
**Kaniyang iniingatan ang mga kaluluwa ng kaniyang mga banal;**
**kaniyang iniligtas sila sa kamay ng masama.**
[11]**Liwanag ang itinanim na ukol sa mga banal,**
**at kasayahan ay sa may matuwid na puso.**
[12]**Mangatuwa kayo sa Panginoon, kayong mga matuwid;**
**at mangagpasalamat sa kaniyang banal na pangalan.**

**97:10-12** Ang istropang ito ay naglalarawan ng nararapat na paraan upang papuriha si YHWH. Siya

ang Isa na

1. iingatan ang mga kaluluwa (*nephesh*, BDB 659, tingnan ang tala sa Genesis 35:18 sa internet) ng Kaniyang mga banal (BDB 339, tingnan ang tala sa Awit 31:23)
2. kaniyang iniligtas sila sa kamay ng masasama
3. itinatanim ang liwanag para sa matuwid (cf. Awit 97:4a)
4. itinatanim ang may matuwid na puso

Paanong ngayon tutugon ang Kaniyang mga banal?

1. mamuhi sa masama – BDB 971, KB 1338, *Qal* PAUTOS
2. ibigin si YHWH – BDB 12, KB 17, *Qal* PANDIWARI
3. magalak sa Panginoon – BDB 970, KB 1330, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 32:11
4. magpasalamat sa Kaniyang banal na pangalan – BDB 392, KB 389, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 30:4

**97:11 "liwanag ang itinanim"** Ang MT ay may "itinanim" (זרע, BDB 281, KB 282) ngunit ang LXX, Peshitta, at Vulgata ay mayroong "bukang-liwayway" (זרח, BDB 280), na tila umaakmang mas mabuti sa paglalarawan (NRSV, TEV, REB, cf. Awit 112:40).

Ang UBS Text Project (p. 371) ay binibigyan ang "itanim" bilang isang "C" na antas (i.e., hindi kakaunting pagduruda).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang Awit sa naunang Awit?
2. Ano ang inilalarawan ng Awit 97:2a?
3. Paano maiuugnay ang Awit 97:4a at 6 sa "Pahayag ng Kalikasan"?
4. Sino ang "mga diosdiosan" ng Awit 97:9b?
5. Ano ang sinasabi ni YHWH sa Kaniyang matapat na mga taga-sunod sa huling istropa?

# AWIT 98

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagtawag sa Pagpuri sa Matuwid na Panginoon<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit | Isang Awit ng Pagpuri sa Panginoon dahil sa Kaniyang Kaligtasan at Kahatulan | Imnong Nagpapahayag ng Panghinaharap ng Pagtatatag ng Pagka-Hari ng Diyos sa Mundo | Diyos ang Pinuno ng Mundo | Ang Hukom ng Mundo |
| 98:1-3 | 98:1-3 | 98:1-3 | 98:1-3 | 98:1 |
| | | | | 98:2-3b |
| | | | | 98:3c-4 |
| 98:4-6 | 98:4-6 | 98:4-6 | 98:4-6 | |
| | | | | 98:5-6 |
| 98:7-9 | 98:7-9 | 98:7-9 | 98:7-9 | 98:7-8 |
| | | | | 98:9 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang pangkalahatang sangkap, na lubhang kilala sa Awit 96 at 97, ay nagpapatuloy (i.e., Awit 98:3b, 4a, 7, 9a,b).
   1. "sa paningin ng mga bansa," Awit 98:2
   2. "lahat ng wakas ng lupat ay nakita," Awit 98:3
   3. "lahat ng mundo," Awit 98:4
   4. "ang dagat. . .lahat ng nilalaman nito," Awit 98:7
   5. "ang mundo at sa kanilang naninirahan dito," Awit 98:7
   6. "upang hatulan ang mundo," Awit 98:9
   7. "hatulan ang mundo," Awit 98:9

8. “ang mga tao,” Awit 98:9

Mangyaring basahin ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH. Ito ang pinagsasamang sentro ng aking teolohiya!

B. Si YHWH ay darating bilang Hari at Hukom sa buong mundo at lalo na sa Israel. Siya ay daraming bilang ang Isa na gumawa ng mga pangako sa mga Patriyarka (cf. Awit 98:3a).

C. Ang unang istropa ay may anim na MGA GANAP (natapos na pagkilos) na detalye ng ginawa ni YHWH (o gagawin pala; ang sangkap sa panahon sa Hebreong MGA PANDIWA ay pinagpapasyahan sa konteksto).

1. gumawa ng mga kagila-gilalas na bagay, Awit 98:1
2. gumawa ng kaligtasan, Awit 98:1
3. ipinakilala ang Kaniyang kaligtasan, Awit 98:2
4. ipinakilala ang Kaniyang katuwiran, Awit 98:2
5. inalaala ang Kaniyang kagandahang-loob at katapatan, Awit 98:3
6. lahat ng mundo ay nakita ang Kaniyang kaligtasan, Awit 98:3

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 98:1-3**

**1 Oh magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit;**
**sapagkat siya ay gumawa ng mga kagilagilalas na bagay:**
**ang kaniyang kanan at ang kaniyang banal na bisig**
**ay gumawa ng kaligtasan para sa kaniya:**
**2 Ipinakilala ng Panginoon ang kaniyang pagliligtas:**
**ang kaniyang katuwiran ay ipinakilala niyang lubos sa paningin ng mga bansa.**
**3 Kaniyang inalaala ang kaniyang kagandahang-loob**
**at ang kaniyang pagtatapat sa bahay ng Israel:**
**nakita ng lahat ng mga wakas ng lupa ang pagliligtas ng aming Diyos.**

**98:1 “Oh magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit”** Ito ay isang *Qal* PAUTOS. Ang isa ay maaaring makita kung bakit ang Awit 95; 96; at 98 ay inilagay na magkakasama sa Salmo ng (mga) pagnugot.

Ang “bagong awit” ay isang pagtugon sa kasunduang bayan sa pagpapalaya, kapatawaran, at pagpapakita ng kapangyarihan ng kanilang Diyos (cf. Awit 98:1b, 33:3:40:3; 96:1; 144:9; 149:1; Isaias 42:10; Pahayag 5:9; 14:3). Si YHWH ay kumilos sa kanilang kapakanan. Siya, at Siya lamang, ang may kagagawan (Awit 98:1c). Gayunman, ang Awit 37:40 ay nagpapakita na ang kaligtasan/ pagpapalaya ni YHWH ay nauugnay sa pantaong pananampalataya at katapatan. Ang kasunduan (tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan) ay isinasama ang makapangyarihang pagpapauna ni YHWH at ang inaasahang pagsunod, nagpapatuloy na pagtugon ng sangkatauhan (tingnan ang Natatanging Paksa: Eleksiyon/Predestinasyon at ang Pangangailangan sa isang Teolohikong Pagtitimbang).

Pansinin ang bilang ng MGA PANDIWA na ginamit sa Awit na ito na tumutukoy sa paggawa ng mga tunog.

1. magsiawit, Awit 98:1 – BDB 1010, KB 1479
2. ipinakilala, Awit 98:2 – BDB 393, KB 390
3. magkaingay na may kagalakan, Awit 98:4 – BDB 929, KB 1206
4. mangagpasimula, Awit 98:4 – BDB 822, KB 953
5. magsiawit sa kagalakan, Awit 98:4 – BDB 943, KB 1247
6. magsiawit ng mga pagpuri, Awit 98:4 – BDB 274, KB 273
7. magsiawit ng mga pagpuri, Awit 98:5 – katulad sa #6

8. magkaingay na may kagalakan, Awit 98:6 – katulad sa #3
9. humugong ang dagat, Awit 98:7 – BDB 947, KB 1266
10. ipakpak ng mga baha, Awit 98:8 – BDB 561, KB 567
11. magsiawitan ang mga burol, Awit 98:8 – katulad sa #5, ngunit *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

▣ **"mga kagilagilalas na bagay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kamangha-manghang Bagay.

▣ **"kamay"** Sa teolohiya, ito ay kaagapay sa Isaias 52:10. Ang tagumpay ay sa Kaniya at Kaniya lamang! Tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay.

▣ **"gumawa ng kaligtasan"** Ang PANDIWA (BDB 446, KB 448, *Hiphil* GANAP) ay nangangahulugang "magligtas," "magdala ng tagumpay" (cf. Isaias 59:16; 63:5). Ang tagumpay (na nakabatay sa panahon na kontekstuwal na nilalayon) ay maaaring tumukoy sa

1. panimula paglalang (i.e., tagumpay over watery chaos, i.e., Awit 65:7; 89:9-10; 93:34)
2. ang exodo/pagsakop (cf. Isaias 51:9-10, i.e., Dagat na Mapula at Ilog Jordan)
3. pagkawala ng mga diyus-diyosan (*elohim*) ng mga bansa (cf. Awit 2:1; 65:7-8)
4. pagbalik mula sa pagkakatapon (cf. Isaias 40-45)
5. pangwakas na tagumpay laban sa masama (i.e., Genesis 3:15; Mateo 1:21; Marcos 10:45; 2 taga-Corinto 5:21)

**98:2 "Panginoon"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos.

▣ **"kaligtasan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan (OT).

▣ **"katuwiran"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran.

▣ **"sa paningin ng mga bansa"** Tingnan ang Awit 46:10 at Isaias 52:10. Not just so sila can tingnan ang, ngunit that sila might be changed at redeemed!

**98:3 "Kaniyang kagandahang-loob at Kaniyang katapatan sa bahay ng Israel"** Ito ay tumutukoy sa mga pangako ni YHWH sa mga Patriyarka, simula kay Abraham (cf. Genesis 12:1-3; 15:1; 17:1-8; Awit 105:8-15,42; 106:45).

Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*) at
Natatanging Paksa: Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT

▣ **"lahat ng mga wakas ng lupa"** Tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstuwal, A.

Ang NIDOTTE, p. 521, ay may isang tala kung paano ginagamit ang pariralang, "sa mga wakas ng mundo."

1. pangalan at pagpupuri kay YHWH – Awit 48:10; Isaias 42:10
2. takot sa Diyos – Awit 67:7
3. kaalaman sa kautusa ng Diyos – Awit 59:13
4. ang kaligtasan ng Diyos – Awit 98:3; Isaias 49:6; 52:10
5. Kaniyang mensahe ng katubusan – Isaias 48:20; 62:11
6. pang-Mesias na pamumuno ng Hari – Awit 2:7; Mikas 5:4

Para sa akin, ang pandaigdigan, pangmaraming lahi, pangkalahatan pagbibigay-diin ay ang pagtuon at kagapana ng "monoteismo" (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo).

Ang AB (pp. 365-366) ay muling sinasatinig ang dalawang GANAP NA MGA PANDIWA upang maging kanilang MGA PAUTOS.

1. "tandaan" – BDB 269, KB 269 (ito ay tumukoy sa Israel)

2. “tingnan” – BDB 906, KB 1157 (ito ay tumukoy sa “lahat ng mga wakas ng lupa”)

Bagaman ito ay may kaunawaan, hindi ito umaakma sa hanay ng MGA GANAP at ang kaagapay sa pagitan ng Awit 98:2 at 3. Ang MGA PAUTOS ay umaakmang mas mabuti sa susunod na istropa (Awit 98:4-6).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 98:4-6**

**4 Magkaingay kayo na may kagalakan sa Panginoon, buong lupa.**
**Mangagpasimula at magsiawit dahil sa kagalakan, oo, magsiawit kayo ng mga pagpuri.**
**5 Magsiawit kayo sa Panginoon ng mga pagpuri ng alpa;**
**ng alpa at ng tinig na tugma.**
**6 Ng mga trumpeta at tunog ng corneta**
**magkaingay kayo na may kagalakan sa harap ng Hari, ng Panginoon.**

**98:4-6** Ang istropang ito ay may anim na MGA PAUTOS na nanghihikaya sa lahat ng mga tao na magpuri sa Diyos ng Israel (cf. Awit 98:3a). Ito ay maaaring magpakilala ng isang pagdiriwang na pagpuputong sa Israel (cf. Awit 47:5-9).

1. magkaingay na may kagalakan, Awit 98:4 – BDB 929, KB 1206, *Hiphil* PAUTOS
2. mangagpasimula, Awit 98:4 – BDB 822, KB 953, *Qal* PAUTOS
3. magsiawit sa kagalakan, Awit 98:4 – BDB 943, KB 1247, *Piel* PAUTOS
4. magsiawit ng mga pagpuri, Awit 98:4 – BDB 274, KB 273, *Piel* PAUTOS
5. magsiawit ng mga pagpuri, Awit 98:5 – katulad sa #4
6. magkaingay na may kagalakan, Awit 98:6 – katulad sa #1

Ang Israel at buong mundo ay nagalak at ipinahayag ang katapatan, kabutihan, kabanalan, kapangyarihan, at katuwiran ng Diyos ng paglalang at katubusan (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel).

Hindi ito ang mundong nilikha ng Diyos! Hindi ito ang mundo na magiging!

**98:6 “corneta”** Ito ang *shofar* (BDB 1051). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Sungay na Ginamit ng Israel.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 98:7-9**

**7 Humugong ang dagat at ang buong naroon;**
**ang sanglibutan at ang nagsisitahan doon;**
**8 Ipakpak ng mga baha ang kanilang mga kamay;**
**magawitan ang mga burol dahil sa kagalakan;**
**9 Sa harap ng Panginoon, sapagkat siya ay dumarating upang hatulan ang lupa:**
**kaniyang hahatulan ng katuwiran ang sanglibutan,**
**at ng karapatan ang mga bayan.**

**98:7-9** Ang huling istropa ay may tatlong MGA PANGKAUTUSAN na naghahayag ng pangangailangan para sa kinakatawang paglalang (cf. Awit 104:19-22) at mga tao ay nagpupuri sa matuwid na Hukom ng paglalang.

1. humugong ang dagat – BDB 947, KB 1266, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 96:11
2. nagpupuri ang lupa (ipinahiwatig sa pagkakaagapay ngunit hindi ipinahayag)
3. ipakpak ang mga baha – BDB 561, KB 567, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
4. mag-awitan ang mga burol – BDB 943, KB 1247, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Awit 98:4b, 89:12; Isaias 55:12

Ang bilang 1 at 2 ay magkaagapay at nagpapakilala ng mga tao. Ang bilang 3 at 4 ay magkaagapay at

nagpapakilala ng pisikal na paglalang.

**98:8 "siya ay dumarating"** Ito ay isang *Qal* TAHAS NA PANDIWARI. Kapag iniisip ang "pagdating" ni YHWH, maraming mga bagay ang dapat bigyang-diin.

1. Hindi Siya lumisan. Siya ay palaging nandito!
2. Ang Kaniyang natatanging pagdating o presensiya ay para sa
   a. mga pagpapala
   b. kahatulan (tulad dito, cf. Awit 9:7-8; 96:13)
3. Ang Kaniyang pagdating ay nagdudulot ng inaasahang isang bagong araw (i.e., ang pagpapanumbalik ng pagsasama sa Eden)
4. Ang teolohikong konsepto ay idinadagdag sa dalawang pagparito ng Mesias.
   a. ang una ay tinupad ang karamihan sa mga propesiya ng OT
   b. ang pangalawang ay malulubos sa paghahari ni YHWH

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang nilalaman ng "bagong awit"?
2. Anong tagumpay ang pinapahayag sa Awit 98:1?
3. Paano maiuugnay ang Awit 98:3 sa Genesis 12?
4. Anong karaniwang pagdiriwang sa pangkultong kalendaryo ng Israel maiuugnay ang Awit 98:4-6?
5. Ipaliwanag ang iba't-ibang paraan na maaaring maunawaan ang pagdating ni YHWH.

# AWIT 99

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Papuri sa Panginoon para sa Kanyang Katapatan sa Israel<br>Walang Panimula sa MT | Pagpuri sa Panginoon para sa Kaniyang Kabanalan | Imnong Nagdiriwang ng Pagiging Hari ng Diyos | Diyos ang Kataas-taasang Hari | Diyos, ang Matuwid at Banal na Hari |
| 99:1-5 | 99:1-3 | 99:1-5 | 99:1-3 | 99:1-2a |
| | | | | 99:2b-3b |
| | | | | 99:3c-e |
| | 99:4-5 | | 99:4-5 | 99:4 |
| | | | | 99:5 |
| 99:6-9 | 99:6-7 | 99:6-7 | 99:6-7 | 99:6 |
| | | | | 99:6 |
| | 99:8-9 | 99:8-9 | 99:8-9 | 99:8 |
| | | | | 99:9 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang Awit na ito ay nagpupuri sa paghahari ni YHWH (cf. Awit 93:1; 96:10; 97:1). Kahit na ang Awit 99:4 ay, at maaari, na tumukoy kay YHWH (i.e., ang Makapangyarihang Hari). Si YHWH ang tunay na hari ng Israel (cf. 1 Samuel 8:7; Awit 47:3; 48:2; 95:3).

B. Ang Awit na ito ay nagpapakilala sa
   1. yugto ng paglalagalag sa ilang
      a. ang arko (Awit 99:1b, 5b)
      b. sina Moises at Aaron (Awit 99:6a)
      c. ang haligi ng ulap (Awit 99:7a)
      d. ang pagkakaloob ng kautusan sa Sinai (Awit 99:7b,c)
      e. kapatawaran (Awit 99:8, cf. Bilang 14:20)
   2. ang naunang nagkakaisang kaharian (cf. Awit 99:6b, i.e., Samuel)
   3. templo sa Herusalem
      a. sa Sion (Awit 99:2a, tingnan ang Natatanging Paksa: Sion)
      b. Kaniyang banal na burol (Awit 99:9b)

C. Awit 99:8 ay isang susing teolohikong talata. Ito ay nagpapakilala ng kambal, di-mapaghihiwalay na mga katotohanan ng
   1. mahabagin, matiyang katangian ni YHWH
   2. pananagutan sa pagdinig at pagsunod ng tao (cf. Exodo 34:6-7)

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 99:1-5**
**1Ang Panginoon ay naghahari: manginig ang mga bayan.**
**Siya'y nauupo sa *itaas ng* mga querubin; makilos ang lupa.**
**2Ang Panginoon ay dakila sa Sion;**
**at siya ay mataas na higit sa lahat ng mga bayan.**
**3Purihin nila ang iyong dakila at kakilakilabot na pangalan:**
**siya ay banal.**
**4Ang lakas naman ng hari ay umiibig ng kahatulan;**
**ikaw ay nagtatatag ng karampatan,**
**ikaw ay nagsasagawa ng kahatulan at katuwiran sa Jacob.**
**5Ibunyi ninyo ang Panginoon nating Diyos,**
**at magsisamba kayo sa harap ng kaniyang tungtungan;**
**siya ay banal.**

**99:1 "Ang Panginoon ay naghahari"** Tingnan ang mga tala sa Awit 96:10 at 97:1. Lahat ay MGA GANAP, na nagpapahayag ng mga lubusang pagkilos, ngunit ang panahon ng Hebreong MGA PANDIWA ay dapat malaman mula sa konteksto.

▣ **"manginig ang mga bayan"** Ang PANDIWA (BDB 919, KB 1182, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan) ay kaagapay sa "manginig ang lupa" (BDB 630, KB 680, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan; ang salitang ito [BDB 630, KB 680] ay matatagpuan lamang dito sa OT). Kinuhang magkasama, sila ay bumubuo ng isa pang pangkalahatang pagbibigay-diin. Dito, ito ay nagpapakilala sa katarungan ni YHWH (cf. Awit 99:4).

Kapwa pisikal na paglalang at mga taong nilalang ay apektado ng kanilang Manlilikha (cf. Exodo 19; Awit 77:18; taga-Roma 8:18-25)!

▣ **"Siya'y nauupo sa *itaas ng* mga querubin"** Ang PANDIWA (BDB 442, KB 444, *Qal* PANDIWARI) ay nangangahulugang "umupo sa Kaniyang trono" (cf. 1 Samuel 4:4; 2 Samuel 6:2; 2 Mga Hari 19:15; 1 Cronica 13:6; Awit 80:1; Isaias 37:16). Ang pagbanggit ng "querubin" (tingnan ang Natatanging Paksa: *Querubin*) ay nagpapakilala na ang pariralang ito ay tumutukoy sa Exodo 25:22. Ang arko panlupang dako ng presensiya ni YHWH (i.e., "tungtungan," Awit 99:15b; 1 Cronica 28:2; ang mundo ay tinawag na tungtungan ni YHWH sa Isaias 66:1; ang templo ay tinawag na Kaniyang

tungtungan sa Awit 132:7; Panaghoy 2:1). Siya ay nananahan sa pagitan ng mga pakpak ng *querubin* sa itaas ng luklukan ng kahabagan (i.e., takip ng arko). Ang natatanging dako (i.e., sa ibabaw ng arko sa kabanal-banalang dako) ay kung saan ang langit at lupa, ang nakikita at di-nakikitang mundo, ay nagtagpo!

**NATATANGING PAKSA: ARKO NG KASUNDUAN**
**(SPECIAL TOPIC: ARK OF THE COVENANT)**

**99:2 "Ang Panginoon (YHWH) ay dakila sa Sion"** Ang PANG-URI (BDB (BDB 152) ay madalas na gamitin kay YHWH.

1. Kaniyang persona – Deuteronomio 7:21; Nehemiah 1:5; 8:6; 9:32; Awit 86:10; 145:3; 147:5; Isaias 12:6; Jeremias 10:6; 32:18; Daniel 9:4
2. Kaniyang pangalan – Josue 7:9; 1 Samuel 12:22; 1 Mga Hari 8:42; 2 Cronica 6:32; Awit 76:1; 99:3; Jeremias 10:6; 44:26; Ezekiel 36:23; Malakias 1:11
3. Kaniyang mga gawa – Deuteronomio 11:7; Mga Hukom 2:7; Awit 111:2
4. Kaniyang kaluwalhatian – Awit 21:5; 138:5
5. Kaniyang kahabagan (*hesed*) – 1 Mga Hari 3:6; 2 Cronica 1:8; Awit 57:10; 86:13; 108:4
6. Kaniyang kabutihan – Nehemiah 9:25
7. Kaniyang awa – Isaias 54:7
8. lalong higit sa mga diyus-diyosan – Exodo 18:11; Deuteronomio 10:17; 1 Cronica 16:25; 2 Cronica 2:5; Awit 77:13; 95:3; 96:4; 135:5

Ang PANGNGALAN (BDB 152) ay ginagamit din kay YHWH sa Deuteronomio 3:24; 5:24; 9:26; 11:2; 32:3; Awit 105:2.

Ang AB ay inimumungkahi na ang kaparis na PANG-UKOL (KB 825, #1) in Awit 99:2b ay inimumungkahi na isang maaaring kaparis sa 99:2a, na nagpapahayag ng kadakilaan ni YHWH sa Israel/Judah, gaya ng pagiging mataas nito sa "lahat ng mga tao" (p. 368). Sa aking palagay, ito ay umaakma sa kaagapay. Israel ay nauna, ngunit hindi lamang nag-iisa (cf. Mateo 28:18- 20; Lucas 24:46-48; Mga Gawa 1:8; taga-Roma 1:16).

▣ **"siya ay mataas na higit sa lahat ng mga bayan"** Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig si YHWH ay itinaas (BDB 926, KB 1202, *Qal* PANDIWARI) sa mga diyus-diyosan ng mga bansa (i.e., kanilang mga idolo, cf. Awit 97:9; 113:4; tingnan din ang Exodo 18:11; Deuteronomio 10:17; 1 Cronica 16:25; 2 Cronica 2:5; Awit 77:13; 95:3; 96:4; 135:5).

**99:3 "Purihin nila ang iyong dakila at kakilakilabot na pangalan"** Ito ang ikatlong DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (cf. Awit 99:1a,b).

Para sa "dakilang pangalan," ni YHWH, tingnan ang mga tala sa Awit 99:2.

Ang "kasindak-sindak" pangalan ni YHWH ay mula sa PANDIWA (BDB 431, KB 432, *Niphal* PANDIWARI) na "matakot" o "masindak." Ito ay madalas gamitin kay YHWH (cf. Deuteronomio 7:21; 10:17,21; 28:58; Awit 111:9; Malakias 1:14).

Ang mga salitang "dakila" at "sindak" ay kadalasang ginamit na magkasaman upang maglarawan kay YHWH (cf. Nehemiah 1:5; 4:8; 9:32; Daniel 9:4).

Ang "kanila" ay tumutukoy sa lahat ng di-Israelita (i.e., "mga tao," Awit 99:1a; "ang mundo," Awit 99:1b; "lahat ng mga tao," Awit 99:2b.

▣ **"siya ay banal"** Pansinin na ito ay inuulit sa Awit 99:5c at binanggit sa 99:9c, na mukhang isang may layong kaagapay. Para sa "banal" tingnan ang Natatanging Paksa: Banal.

**99:4** Sa aking palagay, talatang ito ay tumutugma kay YHWH mismo (tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstuwal A). Pansinin paano ipinakilala ang Kaniyang paghahari (Awit 99:1).

1. umiibig (BDB 12; KB 17, *Qal* GANAP) ng katarungan (BDB 1048)

2. naitatag (BDB 465, KB 464, *Polel* GANAP) ang karampatan (sa literal ay matuwid, BDB 449)
3. nagsasagawa (BDB 793, KB 889, *Qal* GANAP) ng katarungan (BDB 1048) at katuwiran (BDB 842, tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran)

Pansinin silang tatlo ay MGA GANAP lahat, ngunit ang NASB, NJB, at NKJV ay isinalin ang una bilang PANGKASALUKUYAN at ang susunod na dalawang bilang NAKALIPAS. Ang sangkap ng panahon sa Hebreong MGA PANDIWA ay dapat na malaman sa konteksto. Kaya, ang mga ito ba ay naglalarawan kung sino si YHWH o kung ano ang ginagawa Niya?

Ang mga terminong "katarungan" at "katuwiran" ay kadalasang ginamit na magkasama upang italaga ang nararapat na pamumuno ng mga hari.

1. YHWH mismo – Awit 99:4; Is. 33:5; Jeremias 4:2; 9:24
2. David – 1 Cronica 18:14
3. Solomon – 1 Mga Hari 10:9; 2 Cronica 9:8
4. mga hari ng Judah – Jeremias 22:3,15; Ezekiel 45:9
5. mga hari ng Israel – Amos 5:9,24
6. Mesias (i.e., linya ni David) – Isaias 9:7; 32:1,16; 59:9,14; Jeremias 33:15

**99:5 "Ibunyi ninyo ang Panginoon nating Diyos"** Ito ang unang sa dalawang MGA PAUTOS na nagsasara ng unang istropa.

1. itaas – BDB 926, KB 1202, *Polel* PAUTOS, katulad na PANDIWA na ginamit sa Awit 99:2b
2. pagsamba (sa literal ay "yumuko") – BDB 1005, KB 295, *Hishtaphel* PAUTOS, cf. Awit 132:7

Pansinin kung paanong ang buong kasunduang titulo, "ang Panginoon nating Diyos" (sa literal ay YHWH *Elohim*, cf. Genesis 2:4; Exodo 20:2) ay inuulit ng tatlo pang beses sa Awit 99:8a, 9a,c. Si YHWH ay tanging nauugnay sa mga supling ni Abraham.

1. sa Sion, Awit 99:2 (i.e., ang templo)
2. kay Jacob, Awit 99:4c (i.e., Israel)
3. kina Moises at Aaron, Awit 99:6a (exodo at yugto ng paglalagalag sa ilang)
4. kay Samuel, Awit 99:6b (United Monarchy)
5. Kaniyang kautusan, Awit 99:7b,c (Exodo 19-20)
6. Kaniyang banal na burol, Awit 99:9b

▣ **"Kaniyang tuntungan"** Tingnan ang tala sa Awit 99:1b. Ang PANDIWANG "nanginginig" (BDB 919) ay katulad sa PANGNGALANG "tungtungan" (BDB 919). Ito ay maaaring isang pambungad at pangwakas na paglalaro ng salita.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 99:6-9**

**6Si Moises at si Aaron sa gitna ng kaniyang mga saserdote,**
**at si Samuel sa kanila na nagsisitawag sa kaniyang pangalan;**
**sila ay nagsisitawag sa Panginoon, at siya ay sumasagot sa kanila.**
**7Siya'y nagsasalita sa kanila sa haliging ulap:**
**kanilang iniingatan ang kaniyang mga patotoo,**
**at ang palatuntunan na ibinigay niya sa kanila.**
**8Sumagot ka sa kanila, Oh Panginoon naming Diyos;**
**ikaw ay Diyos na nagpatawad sa kanila,**
**bagaman nanghiganti ka sa kanilang mga gawa.**
**9Ibunyi ninyo ang Panginoon nating Diyos,**
**at magsisamba kayo sa kaniyang banal na bundok;**
**sapagkat ang Panginoon nating Diyos ay banal.**

**99:6-9** Ang istropang ito ay sumasaklaw sa yugto ng ang exodo, mga paglalagalag sa ilang, pananakop, at pagtatatag ng kaharian.

**99:6 "kanila na nagsisitawag sa kaniyang pangalan"** Ito ay nagpapakilala ng isang pagkilos ng pagsamba sa templo/tabernakulo (cf. Joel 2:32; Mga Gawa 2:21; taga-Roma 10:9-13; tingnan ang Natatanging Paksa: Ang ang Kahulugan ng "Tumanggap," "Manampalataya," "Magpahayag ng Pananampalataya," at "Manawagan?"). Sa Jeremias 33:3 ito ay nagpapakilala ng panalangin (i.e., personal na pakikipag-ugnayan).

Pansinin na sila tumawag at sumagot si YHWH (Awit 99:8a)!

**99:7 "sa haliging ulap"** Ito ay tumutukoy sa natatanging ulap ("haligi," BDB 765) na kumakatawan sa personal na presensiya ni YHWH na nanguna at nagkupkop sa mga aliping Hebreo habang kanilang iniiwan ang Ehipto at naglagalag sa ilang (cf. Exodo 13:21-22; 14:19,24; 33:9,10; Deuteronomio 1:33; Nehemiah 9:12,19; Awit 78:14; 105:39).

Ang ulap/haligi ay naglaho pagkatapos na makatawid ang mga Israelita sa Ilog Jordan patungo sa Lupang Ipinangako.

**NATATANGING PAKSA: DARATING SA MGA ULAP**
**(SPECIAL TOPIC: COMING ON THE CLOUDS)**

▣ **"mga patotoo. . .palatuntunan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

▣ **"na ibinigay niya sa kanila"** Ang talatang ito ay tungkol sa kapahayagan ng Diyos (i.e., "Siya ay nagsalita sa kanila"…"Siya ay nagkaloob sa kanila") at pagsunod ng Kaniyang mga tao (cf. Awit 99:7b, i.e., "kanilang inigatan").

Ang "kanila" ng Awit 99:7 ay tila tumukoy kina Moises (cf. Exodo 33:9) at Aaron (cf. Bilang 12:4-8). Ito ay maaari ding tumukoy sa lahat ng Israel (cf. Exodo 19-20).

Ito ay isa sa sentrong mga isyu ng Kristiyanismo/Judaismo! Paano inihayag ng Diyos ang Kaniyang sarili

1. sa paglalang
2. sa mga pangako
3. sa mga pagkilos
4. #1-3 nakatala sa kanila sa OT
5. sa Kaniyang Anak
6. #5 nakatala sa kanila sa NT

**NATATANGING PAKSA: INSPIRASYON**
**(SPECIAL TOPIC: INSPIRATION)**

**NATATANGING PAKSA: ILUMINASYON**
**(SPECIAL TOPIC: ILLUMINATION)**

Panoorin ang tatlong *video sermons* sa internet at www.freebiblecommentary.org sa Panimulang Talata ng *home page*.

1. Bakit ko pinagkakatiwalaan ang OT
2. Bakit ko pinagkakatiwalaan ang NT
3. Totoo ba ang Kristiyanismo?

**99:8 "Sumagot ka sa kanila"** Ito ay nauugnay sa isyu ng panalangin. Ako ay mayroong tatlong mga Natatanging Paksa (tingnan sa ibaba) na tumatalakay sa isyung ito. "Nila" ay sumusuno sa gamit ng "sila" sa Awit 99:6. Kapwa tumukoy sa mga pangsaserdoteng panalangin nina Moises, Aaron, at Samuel, ang dakilang mga tagapamagitan ng OT (cf. Jeremias 15:1).

1. Moises – Exodo 32:9-14,31-32; Bilang 14:13-19; 21:7; Deuteronomio 9:18-20,25-29; Awit

106:23
2. Samuel – 1 Samuel 7:5,8-9; 12:19,23

**NATATANGING PAKSA: MABISANG PANALANGIN**
**(SPECIAL TOPIC: EFFECTIVE PRAYER)**

**NATATANGING PAKSA: PANALANGING NAMAMAGITAN**
**(SPECIAL TOPIC: INTERCESSORY PRAYER)**

**NATATANGING PAKSA: PANALANGIN, DI-LIMITADO NGUNIT LIMITADO**
**(SPECIAL TOPIC: PRAYER, UNLIMITED YET LIMITED)**

Ang pagtugon ng Diyos ay kumuha ng dalawang anyo.

1. kapatawaran (i.e., Exodo 34:6-7; Bilang 14:17-19; Nehemiah 9:17; Awit 78:32; 86:15; 103:6-14)
2. tagapaghiganti ng kanilang masamang mga gawa (i.e., Exodo 32:28; Bilang 20:12; Awit 95:11; 107:12)

Sila ay magkasama dahil ang pagsunod (cf. Awit 99:7b) ay napakahalaga. Kahatulan ay kapwa pamparusa (i.e., Pagkatapon) at pangkatubusan (cf. Hebreo 12:5-13). Ang NIDOTTE, vol. 3, p. 155, ay may isang dakilang pahayag, "kapatawaran at paghihiganti, kawalang kautusan at biyaya, pag-ibig at poot ay hindi mga salungatan kay YHWH." Sila ay nagpapakilala ng pag-iigting ng isang pangbiyayang kasunduan na nangangailangan para sa tao ng pagtugon. Para sa isang lubusang pagtalakay ng "pagganti," tingnan ang NIDOTTE, vol. 4, pp. 1140-1149.

**99:9** Ang NKB ay may Awit 99:9 bilang isang hiwalay na istropa, at ito ay maaaring dahil inilipag ang dalawang MGA PAUTOS na naibaling sa Israel.

1. itaas ang Panginoon nating Diyos – BDB 926. LB 1202, *Polel* PAUTOS, cf. Awit 99:5
2. pagsamba sa Kaniyang banal na burol (i.e., templo) – BDB 1005, KB 295, *Hishtaphel*, cf. Awit 99:5

Gayunman, pansinin ang may layong kayarian ng istropa, na nagtatapos sa katulad na MGA PAUTOS (Awit 99:5) at samakatuwid, ang istropa dalawa, ay nagtatapos sa katulad na MGA PAUTOS. Tandaan, ang paghahati ng istropa ay hindi kinasihan. Kadalasan, ang makabagong kanluraning mga tao ay sinasaliksik ang panulaan sa OT sa mga paraan na nagpapakitala ng ating kultura at pampanitikang modelo, hindi sa sinaunang Hebreo at ANE na mga modelo. Ito ay lalong totoo sa mga modelong Ugarito.

▣**"sapagkat ang Panginoon nating Diyos ay banal"** A similar parirala closes Awit 99:5.

Mayroong ilang saling Ingles na nakikita ang tatluhang pag-uulit ng pariralang ito (cf. Awit 99:3,5,9) bilang paraan ng may-akda sa paghahati ng kaniyang Awit sa tatlong mga istropa (cf. NKJV, TEV); JPSOA ay may apat(Awit 99:1-3, 4-5, 6-8, 9).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-

isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilarawan ang kahalagahan ng kaban ng kasunduan o arko ng kasunduan.
2. Ang Awit bang ito, tulad ng mga nauna, ay may magkalahatang sangkap?
3. Ang pinag-uusapan ba sa Awit 99:4 ay isang ulirang Davidikong hari o si YHWH mismo?
4. Bakit binanggit sina Moises, Aaron, at Samuel sa Awit 99:6?
5. Paanong si YHWH ay kapwag nagpapatawad at naghihiganti?

# AWIT 100

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Lahat ng Tao ay Hinihikayat na Magpuri sa Diyos<br><br><u>Panimula sa MT</u><br>Isang Awit ng Pasasalamat | Isang Awit ng Pagpuri sa Katapatan ng Panginoon sa Kaniyang Bayan | Imnong Tumatawag sa Lahat ng mga Bansa ng Magpuri sa Diyos | Isang Imno ng Pagpuri | Paanyaya sa Pagpuri |
| 100:1-3 | 100:1-3 | 100:1-2 | 100:1-2 | 100:1-2 |
| | | 100:3 | 100:3 | 100:3 |
| 100:4-5 | 100:4-5 | 100:4 | 100:4 | 100:4 |
| | | 100:5 | 100:5 | 100:5 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang maikling Awit na ito ay may pitong MGA PAUTOS na tinutuon sa bayan ni YHWH bayan.
   1. magkaingay, Awit 100:1 – BDB 929, KB 1206, *Hiphil* cf. Awit 47:1; 95:1,2
   2. mangaglingkod, Awit 100:2 – BDB 712, KB 773, *Qal*, cf. Exodo 3:12; 4:23; Deuteronomio 6:13; 1 Samuel 7:3; 1 Cronica 28:9
   3. magsilapit, Awit 100:2 – BDB 97, KB 112, *Qal*
   4. alamin (i.e., sa kaunawaan ng "patunay sa pagsamba"), Awit 100:3 – BDB 393, KB 390, *Qal*
   5. magsipasok, Awit 100:4 – BDB 97, KB 112, *Qal*, cf. Awit 96:8
   6. mangagpasalamat, Awit 100:4 – BDB 392, KB 389, *Hiphil*
   7. purihin, Awit 100:4 – BDB 138, KB 159, *Piel*

B. Ang tanging PANDIWA (GANAP) na hindi isang PAUTOS ay sa Awit 100:3b, na naglalarawan ng pagpili at pagpapalaya ni YHWH sa Israel (i.e., Genesis 12:1-3; 15:12-21).
   1. Siya ang lumalang sa atin – Awit 95:6; 119:73

2. ang Israel ay Kaniyang tupa – Awit 23:1; 74:1; 95:7; Isaias 40:11; Jeremias 31:10; Ezekiel 34:31 (gayundin, isang pang-Mesias na sanggunian, Ezekiel 34:23; Mikas 5:4; Zacarias 11; Juan 10:11,14-16)

C. Walang MAKADIWA sa Awit 100:5. Isang "maging" PANDIWA ay dapat ilagay. Ang Awit 3:b,c at 5 ay naglalarawan kay YHWH mismo at sa Kaniyang pangkatubusang pagkilos.

D. Ang ilang mga iskolar (i.e., UBS *Handbook*, NASB Study Bible) ay naniniwala na ang Awit na ito ay pangwakas na doxolohiya ng "Awit ng Pagka-hari" (i.e., Awit 93; 95-99). Ang terminong "hari" ay hindi ginamit, ngunit ang Awit 100:3b-c ay maaaring pagkabanggit nito.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 100:1-3**
**1 Magkaingay kayo na may kagalakan sa Panginoon, kayong lahat na lupain.**
**2 Mangaglingkod kayo na may kasayahan sa Panginoon;**
**magsilapit kayo sa kaniyang harapan na may masayang awitan.**
**3 Alamin ninyo na ang Panginoon ay siyang Diyos;**
**siya ang lumalang sa atin, at hindi tayo sa ating mga sarili:**
**tayo'y kaniyang bayan, at mga tupa ng kaniyang pastulan.**

**100:1** Ang Awit karaniwang inihahayag sa isang pangkalahatang aspeto ng Diyos ng Israel. Siya ang isa totoong Diyos, manlilikha, tagapanatili, manunubos (cf. Awit 33; 47; 98).

Ang USB *Handbook* (p. 852) ay inimumungkahi na "lahat ng mundo" ay dapat na maunawaan sa bawat patulang linya ng Awit 100:2-4.

**100:2** Sa liwanag ni YHWH bilang ang isa at tanging Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo), sila

1. ay maglilingkod sa Kaniya na may kagalakan, cf. Deuteronomio 12:11-12; 28:47
2. ay lalapit sa Kaniya na may pagpupuri, cf. Awit 66:1; 81:1; 95:2

Kapwa MGA PAUTOS (also Awit 100:4) ay tumukoy sa pagsamba sa templo.

▣ **"na may masayang awitan"** Ang PAMBABAENG PANGNGALAN (BDB 943) ay tumutukoy sa isang sigaw ng kagalakan (i.e. NIDOTTE, vol. 3, p. 1128) o "cry ng joy," cf. Job 3:7; 20:5; Awit 63:5.

**100:3 "ang Panginoon ay siyang Diyos"** Ito ay isang inuulit na paksa ng pagkanatatangi ni YHWH (cf. Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomio 4:35,39; 1 Mga Hari 18:39; Awit 46:10).

▣ **"siya ang lumalang sa atin"** Ito ay tumutukoy sa panawagan at pangako (kasama ang exodo, cf. Genesis 15:12-21) kay Abraham at kaniyang mga supling (tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstuwal, B).

▣

**NASB, NKJV,**
**NJB, LXX,**
**Peshitta** **"at hindi tayo sa ating mga sarili"**
**NKJV, TEV,**
**JPSOA, REB,**
**Vulgata** **"at tayo'y sa kaniya"**

Ang unang opsyon ay sumusunod sa MT (*Kethiv*). Ang pangalawa ay isang mungkahi na ginawa ng mga Masoretikong iskolar na nagtipon ng MT (*Qere*). Ang UBS Text Project (p. 373) ay binibigyan ang *Qere* isang "B" na antas (ilang pagduruda).

Ang suliranin ay kung ang "at hindi" ay isang PANG-UKOL, "Kaniyang" o isang PANGATNIG at isang negatibo. Kapwa ay magkatulad ang tunog kapag binasa.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 100:4-5**
**4 Magsipasok kayo sa kaniyang mga pintuang-daan na may pagpapasalamat,**
**at sa kaniyang looban na may pagpupuri:**
**mangagpasalamat kayo sa kaniya, at purihin ninyo ang kaniyang pangalan.**
**5 Sapagka't ang Panginoon ay mabuti;**
**ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man;**
**at ang kaniyang pagtatapat ay sa lahat ng sali't saling lahi.**

**100:5** Pansinin kung paano ipinakilala si YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel).

1. mabuti, cf. Awit 106:1; 117:1; 118:1,29; Jeremias 33:1,
2. mahabaging, tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*)
3. walang-hanggan, tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*)
4. matapat, tingnan ang Natatanging Paksa: Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT
5. para sa lahat sa paglipas ng panahon
    a. alinman sa Israel o
    b. sa lahat ng mga tao na nagtitiwala sa Kaniya

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Kanino ipinapahayag ang Awit na ito?
2. Anong gawaing paglalang ang tinutukoy ng Awit 100:3b?
3. Itala at bigyang-kahulugan ang mga pangunahing teolohikong salita sa Awit 100:5.

# AWIT 101

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Paghahayag ng Katuwiran ng Salmista | Ipinangakong Katapatan sa Panginoon | Isang Hari na Nangangakong Mamuno nang Matuwid | Isang Pangako ng Hari | Ang Ulirang Pinuno |
| Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David | | | | |
| 101:1-5 | 101:1 | 101:1-2b | 101:1-2b | 101:1-2b |
| | 101:2 | 101:2c-3b | 101:2c-5 | 101:2c-3b |
| | 101:3-4 | 101:3c-4 | | 101:3c-4 |
| | 101:5 | 101:5 | | 101:5 |
| 101:6-8 | 101:6-8 | 101:6 | 101:6 | 101:6 |
| | | 101:7 | 101:7-8 | 101:7 |
| | | 101:8 | | 101:8 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa..

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang unang istropa ay nagsisimula na may tatlong MGA PANGPANGKAT (Awit 101:1-2, i.e., *OT Parsing Guide*, p. 451).
   1. ako ay aawit – BDB 1010, KB 1479, *Qal*
   2. ako ay aawit ng mga pagpupuri – BDB 274, KB 372, *Piel*
   3. ako ay magpapakapantas – BDB 968, KB 1328, *Hiphil*

   Ang NASB ay nagpapatuloy na istropa hanggang Awit 101:5. Mayroong maraming "Ako ay . . ." na mga pahayag na gumaganap bilang MGA PANGPANGKAT.
   1. ako ay lalakad. . ., Awit 101:2 – BDB 229, BK 246
   2. ako ay maglalagay. . ., Awit 101:3 – BDB 1011, KB 1483, *Qal* DI-GANAP
   3. ako ay nagagalit. . ., Awit 101:3 – BDB 971, KB 1338, *Qal* GANAP (ngunit sa isang

kalipunan ng MGA DI-GANAP)
4. ako ay makakaalam. . ., Awit 101:4 – BDB 393, KB 390, *Qal* DI-GANAP
5. ako ang bubuwal. . ., Awit 101:5 – BDB 856, KB 1035, *Hiphil* DI-GANAP
6. . . .ako ay titiisin, Awit 101:5 – BDB 407, KB 410, *Qal* DI-GANAP

Isa lamang pagtatatwa, ang ibang mga iskolar ay nakikita ang MGA PANDIWA bilang tumutukoy sa nakalipas na pagkilos (AB, vol. 17A, p. 4). Sa aking palagay, ang unang MGA PANDIWA ay kung ano ang gagawin ng salmista kapag dumating si YHWH (Awit 100:2b) dahil sa kaniyang maka-Diyos na pangkasunduang pagsunod.

B. Ang istropang ito (Awit 101:1-5) ay gumaganap bilang isang patunay ng pananampalataya at katapatan ng salmist kay YHWH at sa Kaniyang kapahayagan.
1. siya umaawit ng kagandahang-loob ni YHWH (i.e., *hesed*, tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*]; dahil sa Awit 101:2-5, ang unang dalawa ay maaaring isang pag-aangkin ng katapatan at katuwiran ng salmista. Ang dalawang MGA PANGNGALAN ay kadalasang naglalarawan kay YHWH. Ang Hari ay dapat na nagpapakilala ng katangian ni YHWH).
2. siya siya ay umaawit ng katarungan ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Hukom, Kahatulan, Katarungan)
3. siya ay namumuhay sa sakdal na paraan
   a. para sa "sakdal," tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Kasalanan, Walang Sala, Walang Pagsisisi
   b. para sa "paraan," tingnan ang sa internet mga tala sa Deuteronomio 8:6 at 10:20; Awit 1:1; para sa kaugnay na terminong "daan" (BDB 73) tingnan ang sa internet ang tala sa Isaias 2:3
4. siya ay lumalakad na may sakdal (BDB 1070) na puso
5. siya ay hindi naglalagay ng hamak na bagay (BDB 116) sa harap ng kaniyang mata
6. siya ay napopoot sa gawa nilang lisya (di-karaniwang PANGNGALAN, ginamit lamang ng dalawang beses sa OT, BDB 962, cf. Osea 5:2)
7. hindi niya pinahihintulot ang kanilang kasamaan (i.e., #6) na kumapit sa kaniya
8. siya ay hindi nakakaalam ng kasamaan
9. kaniyang sisirain/patatahimikin silang sumisirang puri
10. hindi niya matitiis silang may
    a. isang mapagmataas na tingin
    b. isang palalong puso

C. Ang pangalawang istropa ay nagpapatuloy ang pagbibigay-diin ng Awit 101:1-5. Ito ay naglalarawan ng maka-Diyos na pamumuhay at pagtanggi sa masama ng salmista.
1. positibo (Awit 101:6)
   a. nakikilala niya ang matapat sa lupain
   b. ninanais niyang tumira kasama nila
   c. pinapahintulot niyag mamuhay ang mga sakdal ang buhay (Awit 101:6b) upang maglingkod sa kaniya
2. negatibo (Awit 101:7-8)
   a. hindi niya pahihintulutan silang magsagawa ng panloloko na manirahan kasama niya
   b. hindi niya pahihintulutang silang nagpapahayag ng kasinungalingan na maglingkod sa kaniya
   c. patuloy niyang sisirain/patatahimikin ang masasama sa lupain
   d. tatanggalin niya silang nagpapahiwating na ang salmista ay "hari"

D. Pansinin kung paano ipinakilala ang mga kasalungat ng matapat na mga taga-sunod.

1. mga sumasamba sa diyus-diyosan, Awit 101:3a
2. mga tumalikod sa pananampalataya, Awit 101:3b
3. suwail na puso, Awit 101:4a
4. mga sumisirang puri, Awit 101:5a
5. mapagmataas na tingin, Awit 101:5b
6. palalong puso, Awit 101:5b
7. gumagawa ng karayaan, Awit 101:7a
8. nagsasalita ng kabulaanan, Awit 101:7b
9. ang masasama, Awit 101:8a
10. manggagawa ng kasamaan, Awit 101:8b

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 101:1-5**

**1 Aking aawitin ang kagandahang-loob at kahatulan:**
**sa iyo, Oh Panginoon, aawit ako ng mga pagpupuri.**
**2 Ako'y magpapakapantas sa sakdal na lakad:**
**Oh kailan ka pasasa akin?**
**Ako ay lalakad sa loob ng aking bahay na may sakdal na puso.**
**3 Hindi ako maglalagay ng hamak na bagay sa harap ng aking mga mata:**
**aking ipinagtanim ang gawa nilang lisya:**
**hindi kakapit sa akin.**
**4 Ang suwail na puso ay hihiwalay sa akin:**
**hindi ako makakaalam ng masamang bagay.**
**5 Ang sumisirang puri na lihim sa kaniyang kapuwa ay aking ibubuwal:**
**siya na may mapagmataas na tingin at may palalong puso ay hindi ko titiisin.**

**101:1 "kagandahang-loob at katarungan"** Para sa "kagandahang-loob" tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

Para sa "katarungan" tingnan ang Natatanging Paksa: Hukom, Kahatulan, Katarungan.

▣ **"Oh Panginoon"** Ito ang kasunduan pangalan ng Diyos ng Israel (YHWH). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos.

**101:2 "sakdal"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Kasalanan, Walang Sala, Walang Pagsisisi.

▣ **"kailan ka pasasa akin?"** Ang pariralang ito ay isinaling "kailan ko matatamo ito?" ng JPSOA. Ang UBS Text Project (p. 373) ay tinataguyod ang MT na may isang "B" na antas (ilang pagduruda).

Ito ay nagpapakilala sa OT, Mosaiko, batay na kagalingan na kasunduan. Ito ay kadalasang tinawag na "ang dalawang paraan" (cf. Awit 1; Deuteronomio 30:1,15-20; Jeremias 17:5-8). Ito ay isang "Karunungang Panitikan" na kaurian na itinatalaga ng mga terminong

1. mapalad (cf. Awit 1:1; Mateo 7)
2. sinumpa (cf. Deuteronomio 27-28)
3. itinanim na buhay, alinman sa mabunga o namamatay

Ang kasaganahan ay makikita bilang isang tuwirang kaloob mula sa Diyos para sa pagsunod sa kasunduan, ngunit mga suliranin ay isang tuwirang bunga ng kasalanan (cf. Job; Awit 73). Ang teolohikong pananaw sa OT ay dapat na mabago sa kapahayagan ng NT. Ang Diyos ay nasa atin at para sa atin, na nakabatay sa kung sino Siya! Si Hesus ay dumating para sa lahat, hindi hindi lamang sa ilan. Ang OT ay tumutuon sa mahihirap, inilayo, at walang kapangyarihan sa lipunan, bilang isang teolohikong paraan sa pagpapahayag ng Kaniyang pag-ibig para sa lahat, hindi lamang mapalad sa

panlabas! Siya ay dumating kay Kristo! Ang Kaniyang pag-ibig ay dapat na tanggapin sa pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, paglilingkod, at pagtitiyaga.

▣ **"sa loob ng aking bahay"** Ang pariralang ito ay may kalabuan. Ito ay maaaring tumukoy sa

1. mga bansa (cf. Awit 101:7, i.e., salmista bilang hari)
2. isang pansariling dako
3. isang lipunan

Ang salmista ay nagpapahayag ng alinman sa kaniyang pangkasalukuyang o nakalipas pagsunod sa kasunduan ni YHWH kay Moises. Ang mga inilarawan sa Awit 101:3 ay silang lubalabag nang paulit-ulit sa kasunduan na may kaalaman (DI-GANAP).

Ang salitang "bahay," BDB 108, ay ginamit palasyo ng Hari sa 1 Mga Hari 4:6; 16:9; Isaias 22:15. Ito ay maaaring tulong na pananaw na ang may-akda ay hari.

**101:3** Ang talatang ito ay naglalarawan ng isang pagtalikod mula sa pananampalataya. Ang terminong isinaling "pagkahulog" (BDB 962, KB 750) na makikita lamang dito at sa Osea 5:2. KB ay inimumungkahi na "pagkakaiba" o "pagsasalansang" (LXX). Ito ay isang mahirap na konsepto ngunit inuulit sa Banal na Kasulatan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtalikod na Pananampalataya. Para sa karamihan kasaysayan ng Israel, tanging maliit na bahagi lamang sa kanyang bayan ay matapat na mga taga-sunod.

▣ **"hamak na bagay"** Ang PANGNGALAN (BDB 116) ay ugat na mula na kinalaunan ay titulo para kay Satanas, *Belial*, ay nakuha. Ang panimulang kahulugan ay "walang halaga," "mabuti sa wala," "hamak." Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa pagsamba sa diyus-diyosan (AB, vol. 17A, p. 61).

Tingnan ang tala mula sa Deuteronomio 13:13.

> **Deuteronomio 13:13 "hamak na tao"** Sa literal ito ay nangangahulugang "mga anak ni Belial" (BDB 116). Ang Hebreong salita ay nangangahulugang "isang walang halaga" o "mabuting pang wala" (cf. Mga Hukom 19:22; 20:13; I Samuel 10:27; 30:22; I Mga Hari 21:10,13; Kawikaan 6:12). Sa panahon ng NT, si Belial ay naging kasingkahulugan kay Satanas (cf. II Corinto 6:15). Mayroong teolohikong pag-unlad sa Banala na Kasulatan kung saan ang kasamaan ay kinatawan.

**NATATANGING PAKSA: PERSONAL NA KASAMAAN (SPECIAL TOPIC: PERSONAL EVIL)**

**101:4 "masama"** Ang masama (BDB 948 II), sa kontekstong ito, ay may kamalayang paglabag sa inihayag na kalooban ni YHWH. Dahil ang masamang bayan ang pinapahayagan sa Awit 101:3b, 5a, 6, sa aking palagay, ito rin ay tumutukoy sa isang masamang tao (cf. NAB, New Berkeley na salin). Tingnan ang aking mga tala mula sa Deuteronomio 30:15-20 sa internet, www.freebiblecommentary.org.

**101:5 "aking ibubuwal"** Ang PANDIWA (BDB 856, KB 1035, *Hiphil* DI-GANAP [sa aking palagay, na ginamit sa isang PANGPANGKAT na kaunawaan]) ay nangangahulugang "lipulin," o "puksain" sa Hebreo, ngunit sa Arabe, ito ay nangangahulugang "sa katahimikan" (cf. NJB). Ang kahulugang ng ugat ay pinaka-umaakman sa konteksto. Ito ay nagpapakita na ang lihim sa kasinungalingan/ paninirang-puri ay papatahimikin (REB).

Ang katarungan ay darating isang araw! Ito ay dumatin kay Kristo (cf. Mateo 3:2; 4:17) at malulubos sa isang araw sa lahat ng mundo (cf. Mateo 6:10; Juan 14:1-3; Pahayag 11:15).

▣ **"hindi ko titiisin"** Ang MT (BDB 407, KB 410, *Qal* DI-GANAP) mga katinig, יכל, ay ipinaliwanag ng LXX bilang אכל (BDB 37). Ang pag-aayos ay hindi tinataguyod ng anumang pangunahing salin sa

Ingles, maliban sa NEB, ngunit ito ay hindi sinusunod ng REB. Ang “pagtitiis” o “pagpahintulot” ay umaagapay sa “pagsira” o “katahimikan.”

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 101:6-8**

**6 Ang mga mata ko'y itititig ko sa mga tapat sa lupain,**
**upang sila ay makatahan na kasama ko:**
**siya na lumalakad sa sakdal na daan, siya ay mangangasiwa sa akin.**
**7 Siyang gumagawa ng karayaan ay hindi tatahan sa loob ng aking bahay:**
**siyang nagsasalita ng kabulaanan ay hindi matatatag sa harap ng aking mga mata.**
**8 Tuwing umaga ay aking lilipulin ang lahat na masama sa lupain;**
**upang ihiwalang lahat na manggagawa ng kasamaan sa bayan ng Panginoon.**

**101:6** Maraming Ingles na mga salin na ginagawang hiwalay ang kapwa Awit 101:5 at 6 na mga istropa (NRSV, NJB). Ito ay maaaring dahil sa ang Awit 101:3-4, 5 (at 7) ay naglalarawan kung sino ang hindi tatanggapi ng Hari, habang ang Awit 101:6 ay naglalarawan ng kaniyang tatanggapin. Ito ang mga uri ng mga matapat na taga-sunod na katulad ng hari mismo (cf. Awit 101:1-2).

**101:7 “sa harapan ko”** Ang KAYARIAN ng BDB 617 at BDB 744 ay inuulit na mula sa Awit 101:3a. Ang pariralang ito ay kaagapay ng “sa loob ng aking bahay,” na isa pang dahilan upang makita ang Awit na ito na inakda ng hari.

**101:8** Ang talatang ito ay tila mayroong isang eskatolohikong kalagayan.
1. tuwing umaga (i.e., darating na liwanag; o panahon na pumupunta ang held sa looban ng templo, cf. 2 Samuel 15:2)
2. ang lupain (i.e., ay may maraming maaring mga kahulugan, tingnan ang Natatanging Paksa: Lupain, Bansa, Mundo)
3. ang lungsod ng ang Panginoon (tingnan ang Pahayag 21-22, na ito ay nagiging paglalarawan ng lahat ng ang bayan ng Diyos, i.e., “ang banal lungsod, bagong Herusalem”)
4. ihiwalay. . . lahat na manggagawa ng kasamaan (cf. Mateo 25:31-46; Pahayag 20:11-15; 21:8,27)

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ito ba ay isang maharlikang Awit? Bakit o bakit hindi?
2. Ang Awit 101:1 ay inilalarawan si YHWH o ang hari?
3. Bakit napakahirap ipaliwanag ang Awit 101:2b?
4. Ang tinutukoy ba ng Awit 101:3 ay pagsamba sa diyus-diyosan?
5. Ang Awit 101:8 ba ay eskatolohiko o uliran?

# AWIT 102

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin ng Taong Naghi-hirap para sa Kahabagan sa Kanya at Sion<br>Panimula sa MT<br>Isang Panalangin ng Naghi-hirap, nang siya ay mahina, at nagbuhos ng daing sa Panginoon | Ang Walang Hanggang Pag-ibig ng Panginoon | Panalangin para sa Pagpapa-galing ng Karamdaman | Ang Panalangin ng isang Ligalig na Kabataan | Panalangin sa Kasawiang-Palad |
| 102:1-7 | 102:1-2 | 102:1-2 | 102:1-2 | 102:1-2 |
| | 102:3-7 | 102:3-11 | 102:3-8 | 102:3-5 |
| | | | | 102:6-8 |
| 102:8-11 | 102:8-11 | | | |
| | | | 102:9-11 | 102:9-11 |
| 102:12-17 | 102:12-17 | 102:12-17 | 102:12-17 | 102:12-14 |
| | | | | 102:15-17 |
| 102:18-22 | 102:18-22 | 102:18-22 | 102:18-22 | 102:18-22 |
| 102:23-28 | 102:23-28 | 102:23-24 | 102:23-28 | 102:23-24 |
| | | 102:25-28 | | 102:25-27 |
| | | | | 102:28 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

| TEKSTO SA NASB (BINAGO): 102:1-7 |
|---|
| **[1]Dinggin mo ang dalangin ko, Oh Panginoon,<br>at dumating nawa ang daing ko sa iyo.<br>[2]Huwag mong ikubli ang mukha mo sa akin sa kaarawan ng aking kahirapan:<br>ikiling mo ang iyong pakinig sa akin;<br>sa araw na ako ay tumawag, ay sagutin mo akong madali.<br>[3]Sapagka't ang mga kaarawan ko'y nangapapawi na parang usok,<br>at ang mga buto ko'y nangasusunog na parang panggatong.<br>[4]Ang puso ko'y nasaktan na parang damo, at natuyo;<br>sapagkat nalimutan kong kanin ang aking tinapay.<br>[5]Dahil sa tinig ng aking daing<br>ang mga buto ko'y nagsisidikit sa aking laman.<br>[6]Ako'y parang pelikano sa ilang;<br>ako ay naging parang kuwago sa kaparangan.<br>[7]Ako'y umaabang,<br>at ako ay naging parang maya na nagiisa sa bubungan.** |

**102:1-7** Ang istropang ito ay naglalarawan ng kalagayan ng salmista (i.e., "ang araw ng aking pagkabalisa," Awit 102:2,23-26).

1. nararamdamang si YHWH ay tinago ang Kaniyang mukha (i.e., walang pagdama ng Kaniyang presensiya)
2. ang mga kaarawan ko ay nangapapawi na parang usok, Awit 102:3
3. kaniyang mga buto ay nangasusunog na parang panggatong, Awit 102:3
4. kaniyang puso ay nasaktan, Awit 102:4
5. nakalimutan niyang kumain dahil sa kaniyang malakas na daing, Awit 102:4b-5a
6. kaniyang mga buto ay dumidikit sa kaniyang laman, Awit 103:5b
7. siya ay parang isang ibon sa ilang, Awit 102:6,7b
8. hindi siya makatulog, Awit 102:7a

Maaari na kung anong tulad ng pisikal na karamdaman ay totoong isang tao na nagdadalamhati sa pagkakatapon at sa pagkawala ng templo (cf. Awit 102:14,18-22,23-28).

**102:1-2** Ang Awit ay nagsimula na may isang kalipunan ng mga kahilingang panalangin.

1. dinggin ang aking panalangin – BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 17:6; 39:12; 54:2; 55:1; 61:1; 64:1; 143:1
2. dumating nawa ang daing ko sa iyo – BDB 9, KB 112, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
3. Huwag mong ikubli ang mukha mo sa akin – BDB 711, KB 771, *Hiphil* PANGKAUTUSAN, cf. Awit 27:9; 69:17; 143:7
4. ikiling mo ang iyong pakinig – BDB 639, KB 692, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 17:6; 31:2; 71:2; 86:1; 88:2
5. madali – BDB 554, KB 553, *Piel* PAUTOS (sa literal, "magmadali," tingnan ang NJB, karamihan ng mga saling Ingles na maisalin ito bilang isang PANG-ABAY [BDB 555])
6. sagutin ako – BDB 772, KB 851, *Qal* PAUTOS

**102:2 "ang mukha mo"** Ito ay isang Hebreong wikain para sa personal na presensiya ni YHWH (cf. Awit 10:11; 13:1; 27:9; 30:7; 44:24; 51:9; 69:17; 80:3,7,19; 88:14; 143:7).

▣ **"kaarawan"** Ang paglalarawan (BDB 398) ay inuulit nang tatlong beses.

1. sa kaarawan ng aking kahirapan, Awit 102:2a

2. sa araw na ako ay tumawag, Awit 102:2c
3. ang mga kaarawan ko, Awit 102:3a
4. buong araw, Awit 102:8a
5. aking mga kaarawan, Awit 102:11

**NATATANGING PAKSA: ARAW (*yom*)**
**(SPECIAL TOPIC: DAY (*yom*))**

▣ **"Iyong pakinig"** Ito ay antropomorpikong paglalarawan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Paglalarawan sa Diyos bilang Tao.

**102:6 "pelikano. . .kuwago"** Kadalasan sa OT, ang mga ibon at mga mababangis na hayop ay ginamit na kapahulugan hindi lamang mga linisang lugar, ngunit ang presensiya ng demonyo (i.e., Isaias 13:19-22; 34:11-15; Zephanias 2:14). Dito, ang pagtuon ay sa sangkap ng pagkaiwan o pag-iisa.

Pansinin din na ang mga ibon na nabanggit ay hindi malinis ayon sa Levitico (cf. Levitico 11:13-19), na isa pang paraan ng pagpapahayag ng kaunawaan sa pagtanggi!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 102:8-11**
**8 Dinudusta ako ng aking mga kaaway buong araw;**
**silang nangauulol laban sa akin ay nagsisisumpa sa akin.**
**9 Sapagka't kinain ko ang mga abo na parang tinapay,**
**at hinaluan ko ang aking inumin ng iyak.**
**10 Dahil sa iyong galit at iyong poot:**
**sapagkat ako ay iyong itinaas, at inihagis.**
**11 Ang aking mga kaarawan ay parang lilim na kumikiling;**
**at ako ay natuyo na parang damo.**

**102:8-11** Ang istropang ito ay nagpapatuloy na paglalarawan ng nasasaktang salmista.
1. ang kaniyang mga kaaway (maaaring mga mananakop) ay dinudusta siya nang tuloy-tuloy, Awit 102:8
2. ang kaniyang mga kaaway ay nagsisisumpa
3. ang kaniyang mga kaaway ay ginagamit ang kaniyang pangalan bilang isang sumpa (cf. Isaias 65:15; Jeremias 29:22)

4-5. siya ay kumain ng mga abo at uminom ng mga luha (ito ay mga tanda ng pamimighati, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kagawian sa Pagdadalamhati, cf. Awit 42:3; 80:5)

6. ang kaniyang mga araw ay tulad ng isang pinahahabang anino (i.e., a kaniyang mga pasakit ay tumatagal ng mahabang panahon)
7. siya ay natutuyo tulad ng damo (cf. Genesis 6:3; Job 10:4; 14:1-2; Awit 78:39; 90:5-6; 102:4; 103:15-18; Isaias 40:6; 1 Pedro 1:24-25)

Ang teolohikong isyu ay kung bakit siya naghihirap. Ang Awit 102:10 ay naghahayag sa siya ay nakakaranas ng kahatulan mula sa Diyos (cf. Awit 38). Ang isa ay namamangha kung siya ay isang simbolo o kinatawan ng bansa (cf. Awit 102:12- 17,18-22).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 102:12-17**
**12 Nguni't ikaw, Oh Panginoon, ay mamamalagi magpakailan man;**
**at ang alaala sa iyo ay sa lahat ng sali't saling lahi.**
**13 Ikaw ay babangon at maaawa sa Sion:**
**sapagkat kapanahunan ng pagkaawa sa kaniya,**
**Oo, ang takdang panahon ay dumating.**
**14 Sapagka't nililigaya ang iyong mga lingkod sa kaniyang mga bato,**
**at nanghihinayang sa kaniyang alabok.**

**[15]Sa gayon ay katatakutan ng mga bansa ang pangalan ng Panginoon.**
**At ng lahat ng hari sa lupa ang iyong kaluwalhatian;**
**[16]Sapagka't itinayo ng Panginoon ang Sion,**
**siya ay napakita sa kaniyang kaluwalhatian;**
**[17]Kaniyang dininig ang dalangin ng tapon,**
**at hindi hinamak ang kanilang dalangin.**

**102:12-17** Ang istropang ito ay may isang pambansang pagbibigay-diin. Si YHWH ay may isang pandaigdig na layunin para sa Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

Pansinin ang mga bagay na ipinahayag ng salmista tungkol kay YHWH.

1. Siya ay nakaupo sa trono magpakailan man (cf. Awit 9:7; 10:16; 29:10; Panaghoy 5:19)
2. Kaniyang pangalan (sa literal ay “maaalala,” BDB 271, cf. Awit 30:4; 97:12) ay mananatili sa lahat ng mga salin-lahi (cf. Exodo 3:15; Awit 135:13)
3. Siya ay kumikilos sa biyaya para sa Kaniyang kasunduang bayan
4. Siya ang nagtayo ng Sion
5. Siya ay nakita (i.e., sa Sion) sa Kaniyang kaluwalhatian
6. Kaniyang isinaalang-alang ang mga panalangin ng salat (BDB 792, makikita lamang dito at Jeremias 17:6, kung saan ito ay ginamit ng isang puno/palumpong; ang ugat ay nagmula sa PANDIWA, “sa talupan ng hubad”)

Ang salmista ay hiniling kay YHWH na kumilos para sa kapakanan ng Israel para sa Kaniyang mas dakilang layunin!

**102:13 “Ikaw ay babangon”** Ang PANDIWA (BDB 877, KB 1086) ay may malawak na semantikong pagkakagamit. Ito ay maaaring mangahulugang

1. si YHWH ay tumatayo mula sa Kaniyang trono upang kumilos (cf. Awit 119:126)
2. si YHWH ay gumising mula sa pagkakatulog (talinghaga para sa Kaniyang kawalang ng pagkilos)
3. si YHWH ay naging aktibo pagkatapos ng isang yugto ng may layuning kawalang-pagkilos

▣ **“ang takdang panahon ay dumating”** Ang PANGNGALAN (BDB 417) ay may kahulugang “isang itinakdang panahon” (cf. Awit 75:2; Daniel 8:19). Ang konsepto na si YHWH ay may kapamahalaan sa panahon, lugar, kasaysayan ay pangunahing katangian ng isang totoong Diyos (cf. Ecclesiastes 3).

**102:14-17** Ang mga talatang ay nagpapahiwatig ng pagkawasak ng templo.

1. ang mga bansa (i.e., na ginawa ito) ay matatakot, Awit 102:15
2. si YHWH ay magtatayo ng Sion at ipapakita sa kaniya ang Kaniyang kaluwalhatian, Awit 102:16
3. ang mga panalangin ng salat (i.e., ang pinatapong bayan ng Diyos) ay didinggin
4. tingnan ang Awit 102:18-22

**102:14 “sapagkat nililigaya ang iyong mga lingkod sa kaniyang mga bato”** Ang pariralang ito ay nagpapaalala sa akin ng malalim na emosyonal na pagkakaugnay na mayroong ang makabagong Judaismo para sa pader ng pananangis sa Herusalem (i.e., ang mga saligang bato ng templo ni Solomon). Ang Judaismo (i.e., ang Kautusan ni Moises) ay naugnay sa isang natatanging lugar ng pagsamba (i.e., ang tabernakulo, sa huli ang templo sa Herusalem).

▣ **“kaniyang alabok”** Ang PANGNGALAN (BDB 779) ay kadalasang ginamit sa mga labi ng mga nawasak ng lungsod (cf. 1 Mga Hari 20:10; Nehemiah 4:2,10; Ezekiel 26:4,12).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 102:18-22**

**18 Ito'y isusulat na ukol sa lahing susunod:**
**at ang bayang lalalangin ay pupuri sa Panginoon.**
**19 Sapagka't siya ay tumungo mula sa kaitaasan ng kaniyang santuario;**
**tumingin ang Panginoon sa lupa mula sa langit;**
**20 Upang dinggin ang buntong hininga ng bilanggo:**
**upang kalagan yaong nangaitakdang patayin;**
**21 Upang maipahayag ng mga tao ang pangalan ng Panginoon sa Sion,**
**at ang kaniyang kapurihan sa Herusalem;**
**22 Nang ang mga bayan ay mapisan,**
**at ang mga kaharian, upang maglingkod sa Panginoon.**

**102:18-22** Ang istropang ito ay isang pangako tungkol sa pagpapanumbalik ni YHWH ng Kaniyang kasunduang bayan sa Judah at kaniyang templo.

Ang Hebreo 1 ay sinipi ang Awit 102:25-27 na kaugnay kay Hesus. Sa kaunawaang ito, ang Awit 102:28 ay nauugnay sa bagong bayan ng Diyos (i.e., mananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil, cf. taga-Roma 2:28-29; 9:6; taga-Galacia 3:7-9,13-14,29; 6:15-16)!

**102:19** Nalalamang ni YHWH ang nangyayari sa mundo (cf. Job 28:24; Awit 14:2; 33:13-14; 53:3; 80:14; Panaghoy 3:50; 5:1; tingnan ang buong tala sa Awit 33:13-17). Ang terminong "lupa" (BDB 75) ay mayroong maraming kahulugan, tingnan ang Natatanging Paksa: Lupain, Bansa, Mundo.

▣ **"mula sa kaitaasan ng kaniyang santuario…mula sa langit"** Ang mga ito ay magkakaagapay. Ang una ay maaaring tumukoy sa templo sa Bundok Moriah, ngunit kapag kapwa ibinilang, ito ay tumutukoy sa pinananahanang lugar ni YHWH sa ibabaw ng atmospera ng mundo.

**NATATANGING PAKSA: KALANGITAN**
**(SPECIAL TOPIC: HEAVEN)**

**NATATANGING PAKSA: KALANGITAN AT ANG IKATLONG LANGIT**
**(SPECIAL TOPIC: HEAVEN AND THE THIRD HEAVEN)**

**102:20** Ang mga larawang ito ay tumukoy sa ipinatapong mga Hudyo (at maaaring mga Israelita).

**102:22** Ito, tula ng napakaraming Awit sa Aklat IV, ay may pangkalahatang pagbibigay-diin (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH). Ang pariralang, "ang kaharian ay paglilingkuran ang Panginoon," ay nagpapaalala sa akin ng Pahayag 5:9-14 at 11:15!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 102:23-28**

**23 Kaniyang pinahina ang aking kalakasan sa daan;**
**kaniyang pinaikli ang mga kaarawan ko.**
**24 Aking sinabi, Oh Diyos ko, huwag mo akong kunin**
**sa kalagitnaan ng aking mga kaarawan;**
**ang mga taon mo ay lampas sa mga sali't saling lahi.**
**25 Nang una ay inilagay mo ang patibayan ng lupa;**
**at ang mga langit ay gawa ng iyong mga kamay.**
**26 Sila'y uuwi sa wala, ngunit ikaw ay mananatili:**
**Oo, silang lahat ay maluluma na parang bihisan;**
**parang isang kasuutan na iyong mga papalitan, at sila ay mga mapapalitan:**

**[27]Nguni't ikaw rin,**
**at ang mga taon mo ay hindi magkakawakas.**
**[28]Ang mga anak ng iyong mga lingkod ay mangamamalagi,**
**at ang kanilang binhi ay matatatag sa harap mo.**

**102:23-28** Ang istropang ito, tulad ng dalawang nauna, ay gumagamit ng personal na paglalarawan sa isang pambansang kaunawaan. Ito ay nagpapatibay sa gawain ni YHWH ng paglalang (Awit 102:26); Siya ay walang-hanggan (102:27)! Ang Kaniyang bayan ay dumating sa isang mapanirang panahon (pagkatalo, pagkawasak, pagkakatapon), ngunit ipapanumbalik Niya sila (102:28) dahil gaya ng "langit at lupa" na gawa ng Kaniyang mga kamay (cf. Awit 8:6; 19:1; Isaias 45:12; 48:13), gayundin naman, ang kasunduang bayan (cf. Awit 138:8; 143:5; Isaias 45:11; 60:2; 64:8; kahit na ang Asiria, Isaias 19:25).

**102:23-24** Ang LXX ay isinasalin ang mga talatang ito habang si YHWH ay nagsasalita sa salmista. Ang NT aklat ng Hebreo 1:10-12 ay sinipi ang Awit 102:25-27 habang tumutukoy kay Hesus. Ang MT ay isinasalin na katulad sa Hebreong mga katinig sa naiibang paraan (cf. *Tyndale OT Commentaries*, vol. 16, Awit 73-150, pp. 395-396).

**102:23 "kalakasan"** Ang termino (BDB 470) ay ginamit ng pambansang kalakasan na naapektuhan ng kahatulan ni YHWH (cf. Levitico 26:20; Panaghoy 1:6,14; Amos 2:14).

**102:25-27** Ang mga talatang mula sa LXX ay sinipi sa Hebreo 1:10-11, kung saan sila ay tumukoy kay Hesus (cf. Hebreo 13:8).

**102:27 "Nguni't ikaw rin"** Si YHWH ay hindi nagbabago o ang Kaniyang mga layunin (cf. Awit 33:11; Malakias 3:6; Santiago 1:17). Ang Awit 102:27 ay isang dramatikong kaibahan sa 102:26. Kahit ang langit at lupa ay lilipas away (cf. Isaias 34:4; 51:6; Mateo 5:18; 24:35; Marcos 13:31; Lucas 21:33; 2 Pedro 3:10; Pahayag 20:11), ngunit hindi YHWH!

Para sa isang mabuting dagliang pagtalakay sa di-pagbabago ng Diyos, basahin si Millard Erickson, *Christian Theology*, 2nd ed., pp. 304-308.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Awit bang ito ay tungkol sa isang tao o ang bansang Israel?
2. Ipaliwanag ang paglalarawan ng Awit 102:6-7.
3. Ang Awit 102:14 ba ay nagpapahiwatig ng isang sanggunian sa pagkawasak ng templo?
4. Ang pangkalahatang pagbibigay-diin ba ng Awit 102:15,22 ay tumutukoy sa pagpapanumbalik mula sa pagkakatapon o isang eskatolohikong kalagayan?
5. Ang langit at lupa ba ay palagian o pansamantala?
6. Paano maiuugnay ang Awit 102:28 sa
   a. Genesis 12:1-3

b. taga-Roma 2:28-29

# AWIT 103

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpuri para sa Kahabagan ng Panginoon<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David | Pagpuri para sa Kahabagan ng Panginoon | Pasasalamat mula sa Pagga-ling sa Pagkakasakit | Ang Pag-ibig ng Diyos | Diyos ay Pag-ibig |
| 103:1-5 | 103:1-5 | 103:1-5 | 103:1-5 | 103:1-2 |
| | | | | 103:3-5 |
| 103:6-14 | 103:6-10 | 103:6-14 | 103:6-14 | 103:6-7 |
| | | | | 103:8-10 |
| | 103:11-14 | | | 103:11-12 |
| | | | | 103:13-14 |
| 103:15-18 | 103:15-18 | 103:15-18 | 103:15-18 | 103:15-16 |
| | | | | 103:17-18 |
| 103:19-22 | 103:19 | 103:19-22 | 103:19-22 | 103:19-20 |
| | 103:20-22 | | | 103:21-22 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isa sa mga sukdulang pagpupuri sa Salmo. Ito ay isang kasama ng Awit 104. Ang Awit 103 ay tumutuon sa Diyos bilang mahabaging Manunubos (YHWH, Awit 103:1,6,8,13,17, 19,20, 21,22 [dalawang beses]), habang ang Awit 104 ay tumutuon sa kapangyarihan ng Diyos sa paglalang (*Elohim*, Awit 104:1,33).

B. Ang Awit na ito ay tila kumikilos mula sa (1) personal na karanasan (2) tungo sa panlahat na pagsamba (3) tungo sa pangsansinukop na pagsamba.

C. Maikling Balangkas
   1. Papuri sa Diyos para sa Kaniyang pag-ibig sa mga tao, Awit 103:1-5
   2. Papuri sa Diyos para sa Kaniyang pag-ibig sa Israel, Awit 103:6-14
   3. Papuri sa Diyos para sa Kaniyang walang-hanggang pag-ibig sa may hangganang tao, Awit 103:15-18
   4. Lahat ay nagpupuri sa Panginoon, Awit 103:19-22

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 103:1-5**

**1Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko:**
**at lahat na nangasa loob ko ay magsisipuri sa kaniyang banal na pangalan.**
**2Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko,**
**at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa.**
**3Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan;**
**na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit;**
**4Na siyang tumutubos ng iyong buhay sa pagkapahamak:**
**na siyang nagpuputong sa iyo ng kagandahang-loob at malumanay na mga kaawaan:**
**5Na siyang bumubusog sa iyong mga taon ng mabuting bagay;**
**Na anopa't ang iyong kabataan ay nababagong parang agila.**

**103:1-2,20-22 "Purihin ang Panginoon"** Kapag inihambing ang una at huling mga talatang ng Awit na ito at Awit 104:1,35, ito ay maliwanag na sila ay bumubuo ng isang kaisahan (anim na *Piel* MGA PAUTOS).

▣ **"Purihin"** Ang terminong ito (BDB 138, KB 159) ay isa ng dalawang ugat na ginamit sa mga pagpapala.
1. אשר (BDB 80) ay ginamit ng 45 beses sa OT at tumutumbas sa "mapapalad" ng Mateo 5:3-10 (i.e., ang mga Pinagpala). Ito ay nagpapakilala ng kalagaya (cf. Awit 1:1; 2:12; 32:1,2; 33:12; 34:8; 40:4; etc.).
2. ברך (BDB 138) ay ginamit dito (cf. Awit 103:1,2,20,21,21; 104:1,35) at mahigit sa 325 beses sa OT. Ito ay ginamit sa
   a. pagpapala ni YHWH sa panimula paglalang – Genesis 1:22, 28
   b. pagpapala ni YHWH sa mga Patriyarka – Genesis 12:1; 18:18; 22:17-18; 26:4; 28:14
   c. ang pagsumpa at pagpapala ng pangkasunduang pagsunod – Deuteronomio 27-28 (tingnan din ang Levitico 26)

   Ang panimulang salitang-ugat ay may dalawang (maaaring magkaugnay) mga kahulugan.
   a. lumuhod
   b. magpuri

**103:1 "kaluluwa"** *Nephesh* (BDB 659, KB 711-713) ang Hebreong terminong para sa "buhay na pwersa." Ito ay ginamit para sa kapwa sangkatauhan (Genesis 2:7) at mga hayop (cf. Genesis 1:24; 2:19). Dito, ito ay kaagapay ng kasunod na parirala na, "lahat na nangasa loob ko," na nagbibigay-diin sa pagsisikap ng may-akda na magpupuri sa Diyos sa buo niyang pagkatao. Tingnan ang tala sa internet sa Awit 3:2.

▣ **"Oh kaluluwa ko"** Ito ay isang pampanitikang anyo kung saan ang may-akda ay nagsasalita sa kaniyang sarili (cf. Awit 42:5,11; 43:5; 104:1,35; 116:7). Ito ay isang paraan sa pagtukoy sa sariling proseso ng pag-iisip.

▣ **"Kaniyang banal na pangalan"** Ang natitirang bahagi ng Awit na ito, lalo na ang Awit 103:8-14, ay naglalarawan sa katangian ng Diyos. Ang Awit na ito ay tutulungan tayong makuha ang isang totoong larawan ng puso at isipan ng walang-hanggan, manlilikha, manunubos na Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel.

**103:2 "at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa"** Sa OT, para sa Diyos ang lumimot ay napakahalaga dahil ito ay nagsasaad ng Kaniyang pagpapatawad. Ngunit para sa isang tao na nakakalimot ay nagsasaad ng kaniyang kawalang-pasalamat o paghihimagsik. Isang mabuting kaagapay na talata para sa magiliw na kahabagan ng Diyos sa nalugmok na tao ay makikita sa Deuteronomio 4:9,23,31; 6:12; 8:11,14,19; 9:7; 25:19. Ang paupo at magbulay sa kung sino ang Diyos ay at kung ano ang Kaniyang ginawa para sa atin ay nagdudulot ng kaligayahan sa puso ng isang totoong mananampalataya.

**103:3 "Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan"** Ang termino (BDB 699, KB 757) para sa "pagpapatawad" ay ginamit sa Hebreo lamang para sa kapatawaran ng Diyos. Ang Awit 103:11-13 ay ibinibilang ang tatlong mga talinghaga na naglalarawan sa kapatawaran ng Diyos sa mga naglalarawang termino.

▣ Pansinin ang kalipunan ng MGA PANDIWARI ng naglalarawan kung bakit dapat papurihan si YHWH (i.e., Siya ay nagkakaloob ng mga pakinabang).

1. siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan – BDB 699, KB 757, *Qal*
2. siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit – BDB 950, KB 1272, *Qal*
3. siyang tumutubos ng iyong buhay sa pagkapahamak – BDB 145, KB 169, *Qal*
4. siyang nagpuputong sa iyo ng kagandahang-loob at malumanay na mga kaawaan – BDB 742, KB 815, *Piel*
5. siyang bumubusog sa iyong bibig ng mabuting bagay – BDB 959, KB 1302, *Hiphil*

Ito ang kalipunan ng limang MGA PANDIWARI na sumasaklaw sa buhay sa mundo at sa panghinaharap na buhay sa langit.

▣ **"na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit"** Ang Hebreong PANGNGALAN, "mga sakit" (BDB 316), at PANDIWA (BDB 317 I) ay ginamit sa Deuteronomio 29:21 sa kaunawaan ng pagsumpa dahil sa pagsuway ng Israel sa kasunduan. Dahil sa paggamit na ito, at maraming talata sa OT na nagpapahayag ng pagpapagaling ng kasalanan (cf. Awit 41:4; Isaias 1:6; 6:10; 53:5), ito ay may alinlangan na ang pagbibigay-diin sa talatang ito ay sa pisikal na pagpapagaling, bagamat ito ay tiyak na kasama dito (cf. Exodo 15:26; Deuteronomio 32:29; Awit 147:3). Kinilala ng mga Hudyo na ang kasalanan at sakit ay magkaugnay (cf. Santiago 5:13-18). Dito, ito ay kaagapay sa "pagpapatawad ng lahat ng iyong mga kasalanan."

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPAGALING
## (SPECIAL TOPIC: HEALING)

**103:4 "Na siyang tumutubos ng iyong buhay"** Ang terminong "tumutubos" (BDB 145, KB 169, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI) ang katulad sa "tagatubos na kamag-anak" o *go'el* (BDB 145, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI, cf. Job 19:25 at katulad din na ugat sa Ruth 4). Dito, ang Diyos ay inilarawan sa pinakamalapit na mga pampamilyang termino, gaya ng Siya sa Awit 103:13.

▣ **"sa pagkapahamak"** Ito ay maaaring ginamit sa kaunawaan ng pisikal na pagkawasak, ngunit dahil sa kaagapay nito sa ugnayan sa terminong *Sheol* sa Awit 16:10, ito ay tila sa nauugnay sa pag-asa ng may-akda sa kabilang buhay (tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay?). Ang ilan ngang mga may-akda ay inuugnay ang Awit 103:4b at 5 sa kontekstong ito.

▣ **"na siyang nagpuputong sa iyo ng kagandahang-loob"** Ang PANDIWA (BDB 742, KB 815) ay maaaring mangahulugang
1. putong – LXX at karamihan ng mga saling Ingles
2. paligid – JPSOA, NIDOTTE, vol. 3, p. 384

Kapwa ay may saysay sa kontekstong ito.

▣ **"kaawaan"** Ang termino (BDB 933) ay kadalasang ginamit ni YHWH (cf. Exodo 33:19; Deuteronomio 13:17; 30:3; 2 Mga Hari 13:23; Isaias 14:1; 30:18; 49:10,13; 54:8,10; 55:7; 60:10). Ito ay ginamit sa Awit 102:14 sa paglalarawan mga damdamin sa pagkakatapon tungkol sa nawasak na templo (cf. Panaghoy 3:22).

▣ **"Na siyang bumubusog sa iyong mga taon ng mabuting bagay"** Ito ay isang napakahirap isaling talata dahil sa kawalang-katiyakan ng Hebreong terminong, "mga tao." Sa literal, ito ay nangangahulugang "mga palamuti" (BDB 725). Ang saling King James na, "bibig," ay maliwanag na hindi tama. Ang saling ASV, kasama ng Septuagint, at Vulgata, ay mayroong "pagnanais," na tila isang nakuhang kahulugan mula sa orihinal na termino, habang ang pinakamakabagong mga salin ay ginamit ang isang tekstwal na pag-aayos upang makuha ang konsepto ng buhay o pinakamahusay na buhay (cf. NEB, RSV, TEB at JPSOA). Ang AB (Michael Dahood, p. 26) ay nakikita ito na tumutukoy sa walang-hanggang (i.e., buhay kasama ang Diyos sa langit). Ang UBS Text Project ay binibigyan ang "mga palamuti" ng isang "B" na antas (ilang pagduruda).

▣ **"Na anopa't ang iyong kabataan ay nababagong parang agila"** Ang konsepto ng "agila" ay nagdudulot sa ilang mga tagapagpaliwag na kunin ang talatang ito sa dalawang magkaibang paraan.
1. ito talaga ay tumutukoy sa masiglang kalakasan ng mga agila (cf. Isaias 40:31)
2. ang kathang pagkabanggit sa phoenix, isang ibon na bumalik sa pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan (cf. RSV salin; maaaring Job 29:18)
3. mga agila na nalalagas upang makakuha ng mga bagong balahibo (NET Bible)

Ang terminong isinaling "agila" (BDB 676) ay maaaring tumukoy sa isang agila o isang buwitre. Sa kontekstong ito ng kahabagan at biyaya ni YHWH, ang "agila" ang mas mabuting pagkapili (tingnan ang Exodo 19:4; Deuteronomio 32:11; Isaias 40:31).

Ang PANDIWA na "panibago" (BDB 293, KB 293) ay bihira (cf. 1 Samuel 11:14; 2 Cronica 15:8; 24:4,12; Job 10:17; Isaias 61:4; Panaghoy 5:21). Ito ay ginamit lamang ng tatlong beses sa Salmo.
1. Awit 51:10 – at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko (*Piel* DI-GANAP)
2. Awit 103:5 – nababagong parang agila (*Hithpael* DI-GANAP)
3. Awit 104:30 – iyong binababago ang balat ng lupa (*Piel* DI-GANAP)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 103:6-14**

**6 Ang Panginoon ay nagsasagawa ng mga matuwid na gawa,**
**at ng mga kahatulan na ukol sa lahat na naaapi.**
**7 Kaniyang ipinabatid ang kaniyang mga daan kay Moises,**
**ang kaniyang mga gawa sa mga anak ni Israel.**
**8 Ang Panginoon ay puspos ng kahabagan at mapagbiyaya,**
**banayad sa pagkagalit at sagana sa kagandahang-loob.**
**9 Hindi siya makikipagkaalit na palagi *sa atin*;**
**ni kaniya mang tataglayin ang kaniyang galit magpakailan man.**
**10 Siya'y hindi gumawa sa atin ng ayon sa ating mga kasalanan,**
**ni gumanti man sa atin ng ayon sa ating mga kasamaan.**
**11 Sapagka't kung paanong ang mga langit ay mataas kay sa lupa,**
**gayon kalaki ang kaniyang kagandahang-loob sa kanila na nangatatakot sa kaniya.**

> [12]**Kung gaano ang layo ng silanganan sa kalunuran,**
> **gayon inilayo niya ang mga pagsalangsang natin sa atin.**
> [13]**Kung paanong ang ama ay naaawa sa kaniyang mga anak,**
> **gayon naaawa ang Panginoon sa kanilang nangatatakot sa kaniya.**
> [14]**Sapagka't nalalaman niya ang ating anyo;**
> **kaniyang inaalaala na tayo'y alabok.**

**103:6,7 "Ang Panginoon ay nagsasagawa ng mga matuwid na gawa"** Ang terminong "matuwid na mga gawa" ay ginamit dalawang paraan sa OT.

1. upang ilarawan ang kabanalan ng Diyos
2. upang ilarawan ang mga gawa ng kaligtasan ng Diyos

Ito ay tila na sa dalawang mga talata, tayo ay mayroong isang paglalarawan ng mga pangyayari ng exodo at ng mga paglalagalag sa ilang. Samakatuwid, ito ay tatluhang pasasalamat para sa gawa ng biyaya ng Diyos

1. sa pagpapalaya mula sa Ehipto
2. sa paghahayag ng Kaniyang sarili kay Moises
3. sa patitiyaga sa bayan habang naglalagalag sa ilang

▣ **"at ng mga kahatulan na ukol sa lahat na naaapi"** Mayroong dalawang paraan upang maipaliwanag ang mga teksto tulad nito.

1. Nangangalinga ang Diyos para sa mahihina, mahihirap, at walang kapangyarihan (i.e., Exodo 22:22-24; Deuteronomio 10:17-19; Awit 68:5).
2. Yamang nakita ng OT ang kasaganahan bilang isang tanda ng pagtatangi ng Diyos, kadalasang ang lohikal na konklusyon ay tinanggihan Niya ang iba dahil sa kanilang mga kasalanan (i.e., Job, Awit 73), ngunit ito ay maaaring tingnan sa inuulit na inihayag na pag-ibig ng Diyos para sa kanila bilang isang pampanitikang paraan ng pagpapakita/pagpapatibay ng Kaniyang pag-ibig at pagkalinga para sa lahat!

**103:7 "Kaniyang ipinabatid ang kaniyang mga daan kay Moises"** Inihayag ni YHWH ang Kaniyang sarili kay Moises, cf. Exodo 19-20; 33:13; Awit 99:7. Ang OT ay kinasihan, walang-hanggang kapahayagan (cf. Mateo 5:17-19), ngunit ito ay dapat na matandaan na si Hesus ang pangwakas na kapahayagan (cf. Mateo 5:21-48). Siya ang lamang ang nararapat na tagapagpaliwanag ng Banal na Kasulatan. Siya ang panginoon ng Banal na Kasulatan! Ang Mosaikong kapahayagan ay patuloy na gumaganap sa pagpapaging-banal ngunit hindi sa pagpapawalang-sala.

**NATATANGING PAKSA: PANANAW NI PABLO SA KAUTUSAN NI MOISES**
**(SPECIAL TOPIC: PAUL'S VIEW OF THE MOSAIC LAW)**

**NATATANGING PAKSA: INSPIRASYON**
**(SPECIAL TOPIC: INSPIRATION)**

**NATATANGING PAKSA: ILUMINASYON**
**(SPECIAL TOPIC: ILLUMINATION)**

▣ **"Kaniyang mga daan"** Ito ay isa sa maraming mga termino na ginamit sa paglalarawan ng kapahayagan ni YHWH. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

**103:8 "Ang Panginoon ay puspos ng kahabagan at mapagbiyaya, banayad sa pagkagalit at sagana sa kagandahang-loob"** Ito ang unang parirala sa isang kalipunan na naglalarawan ng kalikasan ng Diyos. Ito ay tila isang pagkabanggit sa Exodo 34:6,7. Ang mga katangiang ito ng Diyos

ay pinapagtibay muli at muli sa Banal na Kasulatan (cf. Bilang 14:18; Deuteronomio 4:31; Nehemiah 9:17; Awit 86:15; 145:8; Joel 2:13; Jonas 4:2). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel.

**103:9 "Hindi siya makikipagkaalit na palagi *sa atin*"** Kapag ito ay binabasa sa Ingles, ito ay tila nagpapahiwatig na ang Diyos ay hindi palaging ay mayroong pagtitiis sa nalugmok na sangkatauhan, ngunit ito ay isang Hebreong wikain para sa tiyak na salungat! Siya ay palaging magkakaroon ng pagtitiis sa Kaniyang natatanging nilalang (cf. Genesis 6:3; Isaias 57:16).

▣ Ang terminong "makikipagkaalit" (BDB 936, KB 1224, *Qal* DI-GANAP) ay isang terminong na tumutukoy sa mga sakdal sa hukuman (cf. Jeremias 3:5,12). Ang puso ng Diyos ay palaging ninanais manumbalik sa atin habang tayo ay bumalik sa Kaniya (cf. Santiago 4:8)!

**103:10 "Siya'y hindi gumawa sa atin ng ayon sa ating mga kasalanan, ni gumanti man sa atin ng ayon sa ating mga kasamaan"** Ang mga matapat na taga-sunod ay hindi paparusahan sa kaugnayan nito sa kanilang kasalanan o gagantimpalaan batay sa kanilang mga pagsusumikap. Ang talatang ito ay maliwanag na pagpapatuloy ng kaisipan ng Awit 103:9, at nalalaman ng Israel ang katotohanan ito nang lubos.

**103:11 "Sapagkat kung paanong ang mga langit ay mataas kay sa lupa"** Ito ang una sa tatlong mga talinghaga sa ay naglalarawan ang walang hanggang biyaya ng Diyos. Para sa "mga langit", tingnan ang Natatanging Paksa: Langit at Natatanging Paksa: Langit at ang Ikatlong Langit. Pansinin ang pakaagapay sa Isaias 55:9.

▣ **"sa kanila na nangatatakot sa kaniya"** Ang PANDIWA (BDB 431, KB 432, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI) ay nagpapakilala ng "paggalang," "pagkamanggha." Ang pariralang ito ay isang inuulit na titulo para sa matapat na mga taga-sunod (cf. Awit 15:4; 25:12,14; 103:13; 118:4). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagkatakot (OT),

**103:12 "Kung gaano ang layo ng silanganan sa kalunuran"** Ang Hebreong etimolohikong mga ugat ng "silangan" at "kanluran" ay tumukoy sa pagsikat at paglubog ng araw. Gaya ng taas ng mga langit na hindi maihahambing sa biyaya ng Diyos, kaya, ang kalawakan ng mundo mula sa abot-tanaw ay hindi maihahambing sa biyaya ng Diyos. Kapag ito ay inahalintulad sa Isaias 38:17; 44:22; at Mikas 7:19, ang lubos na patalinghagang dulot ng biyaya ng Diyos ay puspos!

▣ **"gayon inilayo niya ang mga pagsalangsang natin sa atin"** Ang terminong "inilayo" (BDB 934, KB 1221) nagpapahiwatig ng "walang pakikipag-ugnayan," na naglalarawan ng lubusang pagkaalis ng kaparusaan at pagkamakasalanan ng isang mapagbiyayang Diyos.

Ito ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng biyaya! Kapag nagpatawad ang Diyos (dahil sa kung sino Siya), linilimot na Niya (cf. Isaias 1:18; 38:17; 43:25; 44:22; Mikas 7:19)! Ang ating nakalipas ay pinatawad at kinalimutan na. Ngayon tayo ay dapat mamuhay ng maka-Diyos na pamumuhay sa panghinaharap. Maraming mga mananampalataya ay naninindigan sa kaalaman, ang kapatawaran ng Diyos, ngunit hindi nila yinakap ang pagkalimot ng Diyos!

Pansinin na sa Awit 103:12-13, mayroong dalawang salita na nagsisimula sa ר, at makikita sila nang dalawang beses. Ito ay maliwanag na paglalaro ng tunog (gaya ng tatluhang ג na tunog sa Awit 103:10 at 11).

**103:13 "Kung paanong ang ama ay naaawa sa kaniyang mga anak"** Nandito mula ang isa pang pampamilyang talinghaga na naglalarawan ng pag-ibig ng Diyos (cf. Exodo 4:22; Deuteronomio 1:31; 8:5; Awit 27:10; Kawikaan 3:12; Isaias 49:15; 63:16; 64:8; Jeremias 31:9; Osea 11:1; Malakias 1:6). Ito ang maaaring pinanggalingan ng termino ni Hesus sa paglalarawang sa Diyos bilang Ama (tingnan ang

Natatanging Paksa: Ama at Natatanging Paksa: Ang Pagka-Ama ng Diyos).

Ang talatang ito ay ginamit sa Judaismo sa Araw ng Katubusan (cf. Levitico 16). Ito ay sinipi kapag ang isa sa dalawang palalayaing kambing ay itinulak sa bangin (i.e., dala ang kasalanan palayo sa kampo).

▣ **"gayon naaawa ang Panginoon sa kanilang nangatatakot sa kaniya"** Ito ay dapat na alalahanin na, bagamat ang panimulang biyaya ng Diyos ang susi sa biblikal na pananampalataya, hinihingi Niya ang isang pagtugon na gagawin ng sangkatauhan sa isang panimula at nagpapatuloy na paraan (cf. Awit 103:17,18 para sa isang tatluhang pagbibigay-diin sa may pasubaling aspeto ng bahagi ng sangkatauhan).

Ang PANDIWA na "nangatatakot" (BDB 431, KB 432, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI) ay nagpapakilala sa kanilang gumagalang sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya at katapatan. Tingnan ang buong tala sa positibo at negatibong mga aspeto ng "takot" at Awit 15:2-5. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagkatakot (OT).

**103:14 "nalalaman niya ang ating anyo"** Ito ang Hebreong terminong *yetzer* (BDB 428), na nangangahulugang "layunin." Nalalaman ng Diyos ang ating mga kaisipan ngunit patuloy tayong iniibig (cf. Genesis 6:5; 8:21). Ito ay nakakawili na sa pangkalahatan, ang mga rabbi ay hindi naniniwala sa orihinal na kasalanan (Genesis 3), ngunit hinahawakan ang teoriya ng dalawang *yetzer* (i.e., mabuting layunin at masaman layunin). Sinasabi nila na bawat tao ay may isang itim na aso at puting aso sa loob nila at ang isang pinapakain nang higi ay nagiging ang mas malaki at mas malakas. Ito ay isang pagbibigay-diin sa pantaong pananagutan, na tiyak na kalahati ng katotohanan (tingnan ang Natatanging Paksa: Eleksyon/ Predestinasyon at ang Pangangailangan para sa isang Teolohikong Pagtitimbang).

Ang NRSV at JPSOA ay nakikita ang PANDIWA sa Awit 103:4a na tumutukoy sa paglalang ni Adan (Genesis 2:7; 3:19) o sa lahat ng mga tao (Awit 139:15). Ang TEV at NJB ipinagpapalagay na ito ay tumutukoy sa kung ano ang kayarian ng mga tao (i.e., putik, alabok).

▣ **"kaniyang inaalaala na tayo'y alabok"** Ang talinghagang ito ay nagpapahiwatig ng panimulang paglalang (cf. Genesis 2:7; 3:19; Job 34:15 Awit 104:29; Ecclesiastes 3:20; 12:7). Ito ay nagpapahayag ng karupukan ng sangkatauhan (cf. Job 10:9; Awit 78:39), na ipapakilala sa susunod na bahagi, Awit 103:15-18.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 103:15-18**

**15Tungkol sa tao, ang kaniyang mga kaarawan ay parang damo:**
**kung paanong namumukadkad ang bulaklak sa parang ay gayon siya.**
**16Sapagka't dinadaanan ng hangin, at napaparam;**
**at ang dako niyaon ay hindi na malalaman.**
**17Nguni't ang kagandahang-loob ng Panginoon**
**ay mula ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan sa nangatatakot sa kaniya,**
**at ang kaniyang katuwiran ay hanggang sa mga anak ng mga anak;**
**18Sa gayong nagiingat ng kaniyang kasunduan,**
**at sa nagsisialaala ng kaniyang mga utos upang gawin,**

**103:15,16 "Tungkol sa tao, ang kaniyang mga kaarawan ay parang damo"** Ang istropang ito (Awit 103:15-18) ay isang pagbibigay-diin sa kawalang-hanggan ng Diyos at ang walang-saysay na hangganan ng sangkatauhan. Ang katulad na talinghaga ay ginamit nang maraming beses sa OT (cf. Job 14:1,2; Awit 90:5,6; Isaias 40:6-8), at sa NT (cf. 1 Pedro 1:24-25).

**103:17-18** Ang mga talatang ito ay naglalaman ng tatluhang kalipunan na naglalarawan ng pangangailangan ng sangkatauhan na tumugon sa pasimulang Pag-ibig ng diyos (i.e., malayang

pagpili ng tao).

1. Awit 103:17, sa nangatatakot sa Kaniya
2. Awit 103:18, sa nag-iingat ng Kaniyang kasunduan
3. Awit 103:18, sa nagsisialaala ng Kaniyang mga utos upang gawin,

**103:17 "ang kagandahang-loob ng Panginoon"** Ito ay tumutukoy sa Kaniyang pangkasunduang katapatan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandaang-loob (*hesed*).

▣ **"mula ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan"** Ito ang pagdadalawa ng *'olam* (BDB 761, cf. Awit 90:2). Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

▣ **"ang kaniyang katuwiran ay hanggang sa mga anak ng mga anak"** Nalalaman natin mula sa mga bahagi ng Pentateuch na dadalawin ng Diyos ang kalikuan ng ama sa mga anak sa ikatlo at ikaapat na salin-lahi (cf. Exodo 20:5; Deuteronomio 5:9). Gayunman, para sa kanilang nagmamahal sa Kaniya Siya ay dadalaw sa Kaniyang mga pagpapala sa ika-sanlibong salin-lahi (cf. Deuteronomio 5:10; 7:9)! Ang pananampalataya at katapatan kay YHWH ay kumikilos sa mga pamilya (cf. Deuteronomio 4:9; 6:7,20-25; 11:19; 32:46), gaya ng kasalanan at paghihimagsik.

**103:18 "upang gawin"** Ang pagsunod ay napakahalaga sa kasunduan. Ang makapangyarihang Diyos ang nagpapauna nito at nagtatakda ng mga hangganan ngunit hinihingi sa Kaniyang bayan na sumunod (tingnan ang Natatanging Paksa: Pananatili; cf. Deuteronomio 4:2,6,9,40; 5:10,12,29,32; 6:2,3,17,25; 7:8,9,11,12). Ang konsepto ng pakikinig sa salita ng Diyos at samakatuwid ay pagsunod nito ay ang Hebreong salita na *Shema* (BDB 1033, cf. Deuteronomio 4:1; 5:1; 6:3,4; 9:1; 20:3; 27:10; 33:7). Si Hesus ay gumawa ng katulad na punto sa Lucas 6:46!

▣ **"kasunduan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 103:19-22**

**19Itinatag ng Panginoon ang kaniyang luklukan sa mga langit;**
**at ang kaniyang kaharian ay nagpupuno sa lahat.**
**20Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong mga anghel niya:**
**ninyong makapangyarihan sa kalakasan na gumaganap ng kaniyang salita,**
**na nakikinig sa tinig ng kaniyang salita.**
**21Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na hukbo niya;**
**ninyong mga ministro niya, na nagsisigawa ng kaniyang kasayahan.**
**22Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na mga gawa niya,**
**sa lahat na dako na kaniyang sakop;**
**purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko.**

**103:19 "kaniyang kaharian ay nagpupuno sa lahat"** Ang terminong "lahat" ay isang sanggunian sa pagpupuri na nauukol sa Diyos mula sa kosmos. Siya ang gumawa nito; ito ay nagpupuri sa Kaniya, kapwa may buhay at walang buhay.

**103:20 "Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong mga anghel niya"** Ito ay naglalarawan ng personal, may kamalayang mga lingkod ng Diyos. Mayroong ilang pagtalakay tungkol sa terminong, "Kaniyang mga hukbo" (BDB 838) sa Awit 103:21, na ang ilan ay nakikita bilang ibang pangkat ng mga anghel. Ang termino ay kadalasang nangangahulugang "hukbo." Gayunman, dahil sa ang mga walang buhay na bagay ay nagpupuri sa Awit 103:22, ang iba ay nakikita ang "Kaniyang hukbo" na tumutukoy sa mga mabituing kalangitan (cf. Deuteronomio 4:19; Awit 19:1-6).

Pansinin na bilang matapat na mga taga-sunod ay dapat sumunod kay YHWH, kaya gayundin, ang mga anghel ay dapat sumunod (cf. Hebreo 1:6-14).

**103:22** Lahat ng kalikasan, mga hayop, mga tao, at mga anghel ay nagpupuri Diyos (cf. taga-Filipos 2:9-11). Ang pagpuri at pagluwalhati ay nararapat sa Manlilikha (Awit 104) at Tagapapagtuos (Awit 103) ng lahat! Hindi na ko makapaghintay na maging bahagi ng dakilang mga mang-aawit na ito (cf. Pahayag 5:9-14)!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang sentrong katotohanan ng Awit na ito?
2. Paano maiuugnay ang Awit na ito sa Awit 104?
3. Ang pagpapagaling ba ay isang tiyak na pangako ng katubusan ni Kristo? (cf. Isaias 53:5)
4. Ang kasunduan ba ay may pasubali o walang pasubali? Ipaliwanag.

# AWIT 104

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagkalinga ng Pangi-noon sa Lahat ng Kaniyang mga Gawa<br>Walang Panimula sa MT | Pagpuri sa Kataas-taasang Panginoon sa Kaniyang Paglilikha at Pangangalaga | Imno sa Diyos ang Manli-likha | Sa Pagpuri ng Manlilikha | Ang mga Kaluwalhatian ng Paglalang |
| 104:1-4 | 104:1-2 | 104:1-4 | 104:1-4 | 104:1-2a |
| | | | | 104:2b-4 |
| | 104:3-4 | | | |
| 104:5-9 | 104:5-9 | 104:5-9 | 104:5-9 | 104:5-6 |
| | | | | 104:7-9 |
| 104:10-13 | 104:10-13 | 104:10-13 | 104:10-12 | 104:10-12 |
| | | | 104:13-15 | 104:13-15 |
| 104:14-17 | 104:14-18 | 104:14-23 | | |
| | | | 104:16-18 | 104:16-18 |
| 104:18-23 | | | | |
| | 104:19-23 | | 104:19-23 | 104:19-21 |
| | | | | 104:22-23 |
| 104:24-26 | 104:24-26 | 104:24-26 | 104:24-26 | 104:24 |
| | | | | 104:25-26 |
| 104:27-30 | 104:27-30 | 104:27-30 | 104:27-30 | 104:27-28 |
| | | | | 104:29-30 |
| 104:31-35 | 104:31-32 | 104:31-35 | 104:31-32 | 104:31-32 |
| | 104:33-35b | | 104:33-35b | 104:33-35b |
| | 104:35c-d | | 104:35c-d | 104:35c |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ito ay maliwanag na ang Awit 103 at 104 ay bumubuo ng isang teolohikong tambalan. Makikita ito bilang pambungad at pangwakas na mga talatang ganap na magkatulad ("purihin," *Piel* PAUTOS). Ang kahalagahan ng pagtatambal na ito ay maaaring sa dalawang pangunahing paksa ng mga Awit na ito. Ang Awit 103 ay ang pangkasunduang pag-ibig ni YHWH bilang manunubos at ang Awit 104 ay ipinapakita ang Diyos (*Elohim*) bilang tagapaglalang. Ang mga pangalan para sa Diyos na makikita sa pagbubukas ng kapwa mga Awit ay YHWH, ang kasunduan pangalan para sa Diyos, at *Elohim*, ang pangkahalatang pangalan para sa Diyos. Ang mga Hudyo ay sinasabing ang Awit 103 ay naglalarawan kay YHWH sa Kaniyang pangkasunduang kahabagan at ang Awit 104 ay naglalarawan ng *Elohim* bilang tagapaglalang. Ito ay isang mas mabuting pagpapaliwanag ng sa mga termino kaysa sa tingnan sila sa JEDP na teoriya ng pinagmumulang kritisismo na lubong sika noong ika-19 na siglo (tingnan ang Panimula sa Genesis sa internet sa www.freebiblecommentary.org).

B. Ang Awit na ito ay lubhang katulad sa imno ng Ehipto sa *Aton* (ANET 369-371), ni Akhenaten IV (1375-1357 B.C.). Bagaman may pagkakatulad, mayroon ding maliwanag na mga pagkakaiba. Nalalaman natin na ibinabahagi ang Karunungang Panitikan sa karamihan ng maraming kultura sa ANE, at may maaaring isang makalayuning pagtutulad sa pagitan ng Ehiptong imno sa araw na diyos at ang Manlilikhang Manunubos na Diyos sa Awit 103 at 104. Parala sa mga kaagapany sa ANE, tingnan ang
   1. *The* IVP *Bible Background Commentary*, pp. 548-550
   2. *Hard Sayings of the Bible*, pp. 277-278
   3. *Encyclopedia of Bible Difficulties*, pp.239-240
   4. *Ancient Near Eastern Thought and the OT*, pp. 165-199

C. Ito ay tila kakaiba na ang sinasadyang paglalang ng Diyos (cf. taga-Filipos 2:10), kapwa ng mga anghel at mga tao, ay tila hindi binibigyang-tuon sa Awit 104. Sa katunayan, ang Hebreong teksto ng Awit 104:4 ay tila tumutukoy lamang sa mga sangkap ng kalikasan at hindi sa maka-anghel na mundo. Ang sangkatauhan ay binanggit nang daglian sa Awit 104:14 at 23, ngunit isa lamang pantulong at hindi bilang isang susing punto.

D. Ang Awit na ito ay tila nagpapakilala, sa isang limitadong antas, ng Genesis 1.
   1. Unang Araw, Genesis 1:1, ang mga langit – Awit 104:1-4
   2. Ika-2 at 3 Araw, Genesis 1:6-9, lupain – Awit 104:5-9
   3. Ika-3 Araw, Genesis 1:10-17, pagkain at tubig – Awit 104:13-17
   4. Ika-4 Araw, Genesis 1:14-19, araw at buwan – Awit 104:19-23
   5. Ika-5 Araw, Genesis 1:20-23, mga ibon at isda – Awit 104:24-26
   6. Ika-6 Araw, Genesis 1:24-26, mga hayop at mga tao – (tingnan ang C. sa itaas)
   7. Ika-6 Araw, Genesis 1:29-31, pagkalinga ng Diyos – Awit 104:27-30
   8. Ika-7 Araw, Genesis 2:1-3, ang ikapitong araw ng pahinga – Awit 104:31-34
   9. lagpas sa ika-7 Araw (i.e., ang Pagkahulog ng Genesis 3) – Awit 104:35

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 104:1-4**
**1 Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko.**

**Oh Panginoon kong Diyos ikaw ay totoong dakila;**
**ikaw ay nabibihisan ng karangalan at kamahalan.**
**2Na siyang nagbabalot sa iyo ng liwanag na parang bihisan;**
**na siyang naguunat ng mga langit na parang tabing *ng tolda*:**
**3Na siyang naglalagay ng mga tahilan ng kaniyang mga silid sa tubig;**
**na siyang gumagawa sa mga alapaap na kaniyang karro;**
**na siyang lumalakad sa mga pakpak ng hangin:**
**4Na siyang gumagawa sa mga hangin na mga sugo niya;**
**ang kaniyang mga tagapangasiwa ay alab ng apoy:**

**104:1 "Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko"** Ito ang paraan na kapwa ang Awit 103 at 104 ay nagsimula at nagtapos (i.e., *Piel* MGA PAUTOS). Ito ay isang nagpupuri kay YHWH mula sa kabuuan ng Kaniyang pinakamataas na nilikha (mga tao, cf. Genesis 1:26-27).

▣ **"Oh Panginoon kong Diyos ikaw ay…"** Awit 104:1 ay may dalawang MGA GANAP na naglalarawan sa Diyos, na sinusundan ng pitong MGA PANDIWARI na naglalarawan sa Kaniyang mga pagkilos.

1. ikaw ay totoong dakila – BDB 152, KB 178, *Qal* GANAP, cf Deuteronomio 3:24; 2 Samuel 7:22; 1 Cronica 16:25; Awit 35:27; 40:16; 48:1; 70:4; 86:10; 96:4; 145:3; Malakias1:5
2. ikaw ay nabibihisan – BDB 527, KB 519, *Qal* GANAP
   a. karangalan (BDB 217, Job 40:10; Awit 96:6)
   b. kamahalan (BDB 214, Awit 93:1)

Ang Awit 104:2-4 ay nagtala ng Kaniyang mga gawain sa panimulang paglalang ng ang makalangit na nasasakupan.

1. siyang nagbabalot sa iyo ng liwanag – BDB 741, KB 813, *Qal* PANDIWARI, cf. Awit 36:9; Daniel 2:22; 1 Timoteo 6:16; Santiago 1:17; 1 Juan 1:5
2. siyang naguunat ng mga langit – BDB 639, KB 692, *Qal* PANDIWARI, cf. Job 9:8; 37:18; Isaias 40:22; 42:5; 45:12; Jeremias 10:12; Zacarias 12:1
3. Na siyang naglalagay ng mga tahilan ng kaniyang mga silid – BDB 900, KB 1138, *Piel* PANDIWARI
4. siyang gumagawa sa mga alapaap na kaniyang karro – BDB 962, KB 1321, *Qal* PANDIWARI
5. siyang lumalakad sa mga pakpak ng hangin – BDB 229, KB 246, *Piel* PANDIWARI, cf. 2 Samuel 22:11; Awit 18:10
6. siyang gumagawa sa mga hangin na mga sugo niya – BDB 793, KB 889, *Qal* PANDIWARI
7. ang kaniyang mga tagapangasiwa ay alab ng apoy – PANDIWA mula sa #6, ipinagpapalagay
   a. alab ng apoy – BDB 529, KB 521, *Qal* PANDIWARI
   b. tagapangasiwa – BDB 1058, KB 1661, *Piel* PANDIWARI

**104:2 "Na siyang nagbabalot sa iyo ng liwanag"** Dahil saanman sa Awit ang pagkabanggit ay sa Genesis 1, ang isa ay nagnanais na tingnan na ito ay tumutukoy sa Genesis 1:3-5, ngunit pansining ito ay ang Diyos mismo na inilarawan, hindi isang walang anyo at walang lamang mundo.

Ang liwanag ay isang inuulit na biblikal na paksa ng katotohanan, pagpapagaling, kapahayagan, at kabutihan. Ang Diyos ay nababalot nito at ipinapahayag ito sa mundo!

▣ **"na parang tabing *ng tolda*"** Ito ay isang karaniwang sinauna na Gitnang Silangang konsepto (cf. Isaias 42:5; Job 9:8; Awit 104:2; Jeremias 10:12; 51:15; Zacarias 12:1). Sa Ehipsiyong *Aklat ng Patay*, ang langit ay inilarawan bilang isang "balat." Sa Rig Veda, ang langit ay inilarawan bilang "inunat tulad ng isang kublihan." Ito ay isa lamang patalinghagang paraan ng pagsasalita sa pagkaarko ng langit (i.e., ang atmospera ng planetang ito) sa ibabaw ng mundo. Ito ay wikang patalinghaga.

**104:3a** Ito ay tumutukoy sa mga haligi na nakapatong sa malaking bato sa lupa (cf. Awit 24:2; 104:5;

Job 38:4), kung saan ang mga langit (i.e., atmospera na ang hamos ay nakaimbak) ay namamahinga (cf. Amos 9:6).

Gayunman, ang talatang ito ay maaari ding tumukoy sa mga haliging itinatag ng mga tubig ng mga langit (i.e., atmospera, cf. Genesis 1:7). Ang paglalarawan ay may kalabuan, at hindi dapat tanggaping literal. Pakibasa ang aking komentaryo sa Genesis 1-11 sa internet para sa genre ng Genesis 1-11 sa www.freebiblecommentary.org.

Sa lugar na ito ng pagtalakay sa paggawa ni YHWH ng Kaniyang palasyo/templo sa ibabaw ng mga tubig ng atmospera, nais kong banggitin ang isang bagong aklat ni John Walton, *The Lost World of Genesis One*, na malaki ang naitulong sa akin sa pagpapaliwanag ng Genesis 1. Siya ay nagpapahayag na ang Genesis 1 ay isang tala ng ANE sa paggawa ni YHWH ng Kaniyang pagkalawakang templo (cf. Hebreo 8:2,5; 9:23-24). Sa aking palagay, ang tekstong ito ay nagsasaad din nito.

Ang AB ay inimumungkahi na isang kaugnaya ng PANDIWA (BDB 900, KB 1138) at "imbakan" (p. 34), at isinasalin ang hanay bilang "naimbak na may tubig kaniyang mga mataas na kabulungan." Pansinin ang Job 37:9 bilang isang maaaring kaagapay (i.e., "kapulungan"); gayundin ang tala sa Job 38:22.

▣ **"na siyang gumagawa sa mga alapaap na kaniyang karro"** Ang Septuagint ay ginawa itong tumukoy sa mga maka-anghel na espiritu at ito ay sinusundan ng Hebreo 1:7, ngunit sa konteksto, ang Hebreong wika ay halos hinihingi na ang mga ito ay payak na likas na sangkap na ginagamit at ipinamamahala ng Diyos para sa Kaniyang sariling mga layunin (cf. Isaias 19:1). Ang salitang "hangin," sa kapwa Hebreo at Griyego, ay tumukoy sa "hangin," "hininga," o "espiritu." Tingnan ang Natatanging Paksa: Hininga, Hangin, Espiritu.

Clouds ang tradisyunal na ay nangangahulugang ng ang transportation ng pagka-Diyos (cf. Daniel 7:13; Mateo 24:30; 26:64; Mga Gawa 1:9-11; Pahayag 1:7). Ang larawan calls sa remembrance ang *Shekinah* ulap ng ang OT exodo karanasan (cf. Exodo 13:21,22; 14:19,20,24; 16:10; 19:9,16; 24:15,16,18; 34:5; 40:34-38), which symbolizes Diyos's presensiya na may Kaniyang bayan.

▣**"na siyang lumalakad sa mga pakpak ng hangin"** Tingnan ang tala sa internet sa Awit 18:10.

**104:4** Ang pisikal na paglalang (i.e., hangin at apoy, cf. Awit 148:8) ay lingkod ni YHWH (cf. LXX, sinipi sa Hebreo 1:7, kumakatawan sa pisikal na mga aspeto ng mga lingkod). Ang talatang ito, sa konteksto, ay hindi tumukoy sa "likas o natural na kapahayagan" (cf. Awit 19:1-6), ngunit ang pagkamalapit ni YHWH sa Kaniyang pisikal na paglalang, lalo na planetang ito. Si C. S. Lewis ay tinawag ang mundo na, "ang hinipong planeta."

Ang UBS *Handbook* (p. 879) ay may isang mabuting paglalarawan ng sinaunang Hebreo ng mga bahagdan ng mundong ito.

1. kalangitan sa itaas (lugas na pinananahanan ng Diyos)
2. tubig
3. kabilugan (matigas na kupola na may mga bintana, cf. Awit 78:23; Malakias 3:10)
4. atmospera (mga ulap, mga ibon)
5. mga haligi na nagtataguyod ng kalangitan (cf. Awit 104:3)
6. mundo (pantay)
7. mga haligi ng lupa sa kalaliman (cf. 1 Samuel 2:8; Awit 75:3)
8. *Sheol* sa ilalim ng lupa

Tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstuwal B. #4.

▣**"apoy"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 104:5-9**

**5Na siyang naglagay ng mga patibayan ng lupa,**

**upang huwag makilos magpakailan man,**
**6Iyong tinakpan ng kalaliman na tila isang bihisan;**
**ang tubig ay tumatayo sa itaas ng mga bundok.**
**7Sa iyong pagsaway sila ay nagsitakas;**
**sa hugong ng iyong kulog ay nagmadaling nagsialis sila;**
**8Sila ay nagsiahon sa mga bundok, sila ay nagsilusong sa mga libis,**
**sa dako mong itinatag ukol sa kanila.**
**9Ikaw ay naglagay ng hangganan upang sila ay huwag makaraan;**
**upang sila ay huwag magsibalik na tumakip sa lupa.**

**104:5-9** Sa Genesis 1 ang tanging bagay na hindi winika ng Diyos sa pag-iral ay "tubig." Ang istropang ito ay naglalarawan ng (gaya ng sa Awit 104:3) Kaniyang pamamahala sa tubig (cf. Genesis 1:6-8, ang mga tubig sa ibabaw; Genesis 1:9-10, ang mga tubig sa ilalim). Ang Job 38:8-11 ay bumubuo ng isang teolohikong pagkaagapay.

**104:5** Ang kaayusan sa nilikha ng Diyos ay pinatibay (cf. 1 Cronica 16:30; Awit 24:1-2; 2 Timoteo 2:19; Hebreo 11:10).

Ang katulad na paglalarawan ay ginamit sa Darating na Mesias (i.e., ang panulukang bato, cf. 1 taga-Corinto 3:11; taga-Efeso 2:20; 1 Pedro 2:6-8).

**NATATANGING PAKSA: ANG PANULUKANG BATO**
**(SPECIAL TOPIC: THE CORNERSTONE)**

▣ **"upang huwag makilos magpakailan man"** Bagamag ang Awit 102:25-26 ay nagpapahayag na ang mundo ay lilipas (cf. Mateo 5:18; 24:35; 2 Pedro 3:10), ang mundo ay ginamit din bilang isang simbolo ng katatagan (cf. Awit 78:69; 93:1; 96:10; Ecclesiastes 1:4). Ang "mga langit at lupa" ay palagiang ginamit bilang dalawang nananaliting saksi (cf. Deuteronomio 4:26; 30:19; 31:28; 32:1).

**104:6** Ang hanay na ito ng panulaan ay nagpapahayag na ang tubig ay bumabalot sa mundo sa pasimula ng isinawikang gawain sa paglalang ng Diyos (cf. Genesis 1:2; Awit 33:6-7; Kawikaan 3:19-20; 8:24-25,27-28). Ang budo na tala ng Genesis ay naglalarawan kung paano inihiwalay ng Diyos ang mga bagay (dilim – liwanag; tubig – lupain; tubig alat – tubig tabang) at paano sila itinalaga, sa kanilang mga sarli, upang magpatuloy at lumago sa haba ng panahon.

▣ **"kakaliman"** Ang terminong ito ay kumakatawan sa maraming mga kathang paglalang sa ANE upang ipakita ang kaguluhan o chaos ng orihinal na paglalang. Gayunman, kapwa sa Genesis 1 at Awit 104:6, ang Diyos ay nasa pamamahala ng pantubig na kaguluhan (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Tubig). Ito ay hindi isang hiwalay, nagsasariling bagay, ngunit nasa ilalim ng pamamahala ng Diyos. Bagaman mayroong mga termino sa Awit na ito na mag-uugnay sa sinaunang mitolohiya, ang Awit ay tinanggal ang lahat ng sinaunang pagkakatawan sa mitolohiya mula sa mga terminong ito (cf. Awit 74:12-17). Tingnan ang Panimula sa Genesis sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

**104:7 "Sa iyong pagsaway"** Ang PANGNGALAN (BDB 172) ay tumutukoy sa isang pasalitang utos o salita. Ito ay ginamit sa OT para sa tatlong mga pangyayari.

1. panimulang paglalang – Awit 18:13,15; Isaias 50:2 (i.e., Genesis 1:9-10)
2. ang paghahati ng Dagat na Mapula at ang exodo – Awit 78:13; 106:9
3. ang pagpapakita sa kahatulan (hindi tiyak na panahon) – Awit 9:5,11; 9:21; Isaias 17:13

Pansinin na ang "kulog" (BDB 947) ay kaagapay (cf. Job 26:14; 37:4-5; Awit 18:13; 29:3). Ang Kulog ay ginamit ni Juan sa Pahayag upang ilarawan ang tinig ng

1. apat na nilalang na buhay, Pahayag 6:1

2. isang malakas na anghel, Pahayag 10:3-4
3. ang tinubos, Pahayag 14:2
4. makapal na karamihan, Pahayag 19:6

▣ **"Sa iyong pagsaway sila ay nagsitakas"** Ito ay nagpapahayag ng kapangyarihan ng isinawikang salita ng Diyos (cf. Genesis 1; Isaias 55:11; Hebreo 1:3). Ito ay nagpapakita rin na sa Kaniyang salitang, hindi lamang dumating sa pag-iral ang mga bagay, ngunit sila ay binuo at hinugisan ng Kaniyang salitang pagkatapos ng panimulang paglalang.

▣ **"sa hugong ng iyong kulog ay nagmadaling nagsialis sila"** Ito ay tila nagpapaalala sa atin ng karanasan sa Exodo kung saan ang tinig ng Diyos ay inilarawan bilang kulog sa pagkakaloob ng Kautusan sa Bundok Sinai (cf. Exodo 19:10-19).

**104:8-9 "sa dako mong itinatag ukol sa kanila"** Ang dalawang mga talatang ay nagpapakita na ang Diyos ay namamahala sa Kaniyang paglalang. Mayroong isang itinakdang plano kung saan ang paglalang ay sumusunod. Ang panimulang pananaw sa mundo ang kaligiran ng kanluranin, siyentipikong pag-aangkop. Mayroong isang likas na kaayusan na maaaring mabatid dahil sa pamanlikha at mapagpanatiling kamay ng Diyos sa paglalang. Ito ay hindi Teismo, na nagsasabing ang Diyos ay naglalalang at pagkatapos ay iniwang mag-isa ang mundo. Ang aktibo, biblikal na personalismo ay nagpapahayag na ang Diyos ay kasangkot sa bawat sandali ng Kaniyang paglalang.

**104:9** Ang Bibliya ay may maraming talata tungkol sa pamamahala at palagiang pagtatakda ni YHWH sa mga dagat at mga ilog/mga lawa (cf. Job 38:8-10; Awit 74:15; Kawikaan 8:29; Jeremias 5:22). Ang tubig, kasama ang mapangwasak nitong kapangyarihan, ay pinaamo (i.e., Isaias 43:2).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 104:10-13**
**10Siya'y nagsusugo ng mga bukal sa mga libis;**
**nagsisiagos sa gitna ng mga bundok:**
**11Sila'y nagpapainom sa bawa't hayop sa parang;**
**nangagpapatid-uhaw ang mga mailap na asno.**
**12Sa tabi nila ay nagkaroon ng kanilang tahanan ang mga ibon sa himpapawid,**
**sila ay nagsisiawit sa mga sanga.**
**13Kaniyang dinidilig ang mga bundok mula sa kaniyang mga silid:**
**ang lupa'y busog sa bunga ng iyong mga gawa.**

**104:10-17** Ang ika-3 araw ng paglalang ay pinapalaki sa Awit na ito. Ang paglalang at pagpapatubig ng mga halaman ay magpapatunay na ang pagkain ay para sa kapwa mga tao at mga hayop (cf. Job 38:39-41). Ang mga mabangis na hayop ay tatalakayin sa Awit 104:10-13; ang mga maamong hayop saAwit 104:14; at sangkatauhan sa Awit 104:14-15.

Pansinin ang inuulit na paggamit ng MGA PANDIWARI upang ipakita ang maka-Diyos na gawain (cf. Awit 104:2,3,4,10, 13,14).

Ang masaganang pagkain ay nagpapakita ng katuparan sa Levitico 26:1-13; Deuteronomio 28:1-13; Awit 1:2-3! Ito ang kahulugan ng paglalang bago ang Pagkahulog! Ito ay paglalarawan ng Pahayag 21-22 (i.e., langit bilang isang bagong Eden).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 104:14-17**
**14Kaniyang pinatutubo ang damo para sa mga hayop,**
**at ang gugulayin sa paglilingkod sa tao:**
**upang siya ay maglabas ng pagkain sa lupa:**
**15At ng alak na nagpapasaya sa puso ng tao,**

**at ng langis upang pasilangin ang kaniyang mukha,**
**at ng tinapay na nagpapalakas ng puso ng tao.**
**16 Ang mga punong kahoy ng Panginoon ay busog;**
**ang mga sedro sa Libano, na kaniyang itinanim;**
**17 Na pinamumugaran ng mga ibon:**
**tungkol sa tagak, ang mga puno ng abeto ay kaniyang bahay.**

**104:14 "ang gugulayin sa paglilingkod sa tao"** Ito ay nakakawili na tandaan na ang sangkatauhan ay kailangang magtrabaho, kapwa bago at pagkatapos ng Pagkahulog (cf. Genesis 2:15 at 3:17-19).

**104:15 "alak na nagpapasaya sa puso ng tao"** Ang alak ay nakikita sa talaan ng mga kaloob ng Diyos. Ang Bibliya ay hindi tinutuligsa ang alak ngunit tinutuligsa nito ang labis na paggamit ng alak. Tingnan ang Natatanging Paksa: Alkohol at Labis na Paggamit ng Alkohol.

▣ **"ng langis upang pasilangin ang kaniyang mukha"** Ang salitang "glisten" (BDB 843 II) ay makikita lamang dito sa OT. Ito ay tumutukoy sa langis ng olibo, na ginamit ng mga sinauna bilang isang pampaganda. Ito ay inilalagay sa mukha at mga kamay bilang paghahanda para sa isang kapistahan (cf. Awit 23:5; 92:10; 141:1; Ecclesiastes 9:8; Lucas 7:46).

**104:17-18** Bagaman sila ay makikita sa ibang mga saknong (ayon sa NASB) sa tula, sila ay kapwa tila inilalarawan ang mga uri ng tahanan na ipinagkaloob ng Diyos para sa mga hayop. Ang Awit na ito ay nagpapahayag ng pagkalinga ng Diyos at pagtustos para sa Kaniyang nilalang na hayop.

**104:17 "ang mga puno ng abeto"** Ang saling ito ay sinusunod ng karamihan ng mga saling Ingles. Ang NEB, REB, at NJB ay itinataguyod ang pag-aayos (gaya ng sa UBS Text Project ["C" na antas] para sa MT na "sa taas nila" [i.e., ang pinakamataas na bahagi ng mga Cedar ng Lebanon])!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 104:18-23**
**18 Ang mga mataas na bundok ay para sa mga mailap na kambing;**
**ang mga malalaking bato ay kanlungan ng mga coneho.**
**19 Kaniyang itinakda ang buwan sa mga panahon:**
**nalalaman ng araw ang kaniyang paglubog.**
**20 Iyong ginagawa ang kadiliman at nagiging gabi;**
**na iginagalaw ng lahat na hayop sa gubat.**
**21 Umuungal ang mga batang leon sa pagsunod sa mahuhuli nila,**
**at hinahanap sa Diyos ang kanilang pagkain.**
**22 Ang araw ay sumisikat sila ay nagsisialis,**
**at nangahihiga sa kanilang mga yungib.**
**23 Lumalabas ang tao sa kaniyang gawain,**
**at sa kaniyang gawa hanggang sa kinahapunan.**

**104:19 "Kaniyang itinakda ang buwan sa mga panahon;**
**nalalaman ng araw ang kaniyang paglubog"** Ito ay nagpapakilala ng ika-4 na araw ng paglalang at ito ay nagpapakita ng napakahalagang katotohanan na ang Diyos ay may pamamahala sa araw at buwan (cf. Genesis 1:14-19), gayundin naman ang liwanag at ang kadiliman (cf. Genesis 1:3-5). Ito ay hindi tulad ng mga katha ng ANE sa isang pananakop o pagkakaiba sa pagitan ng mga puwersa ng liwanag at kadiliman, ngunit nagpapakita na nag Diyos ay namumuno sa kanilang lahat. Ito ay isang napakahalagang pahayag sa liwanag ng astral pagsamba ng Babilonya at ang kathang oroskopyo ng ating panahon (cf. Awit 19:1-6).

Ang mga liwanag (i.e., araw, buwan) ay ibinigay sa Genesis 1:14 upang magtakda ng oras sa

pagsamba (i.e., Sabbath, taunang mga araw ng pista, mga pag-aayuno). Sila ay mga alipin ng oras ng pagsamba ng sangkatauhan. Sa kontekstong ito, sila ay hindi pangunahing tumukoy sa mga panahon, maliban na sila ay naugnay sa

1. mga tag-ulan at tagtuyong panahon ng ANE (cf. Awit 104:10-17)
2. ang pahahon ng pagpapakain sa mga hayop (cf. Awit 104:20-23)

Ang Diyos ang lumikha at namamahala ng liwanag at kadiliman (cf. Awit 74:16; Amos 5:8). Sial ay hindi mga diyus-diyosan o mga anghel na makakaapekto sa buhay ng tao! Sila ay mga aspeto ng isang maayos, palagiang paglalang kasama ang paulit-ulit nitong gawain at pahinga.

**104:20a** Ang hanay na ito ng panulaan ay may dalawang MGA PANDIWA na kapwa MGA PANGKAUTUSAN sa anyo (ngunit ay hindi isinalin bilang PANGKAUTUSAN) bilang nakaliwag na mga gawa ng Diyos sa paglalang (cf. Genesis 1:3-4).

**104:21-23** Bagamat ito ay tila di-karaniwan at una, ang mga talatang ito ay pawang isang pahayag na ang mga hayop ng kagubatan ay ginagamit ang gabi upang magtipon ng kanilang pagkain at ang sangkatauhan at iba pang mga hayop ay ginagamit ang araw upang magtipon kanilang pagkain. Tila walang nang iba pang teolohikong implikasyon dito sa payak na pahayag ng pagbabahagi ng mga nilalang ng magagamit na oras upang gugulin sa pagkamabunga ng mundo.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 104:24-26**

**24Oh Panginoon, pagka sarisari ng iyong mga gawa!**
**sa karunungan ay ginawa mo silang lahat:**
**ang lupa ay puno ng iyong kayamanan.**
**25Nandoon ang dagat, na malaki at maluwang,**
**na ginagalawan ng di mabilang na mga bagay,**
**ng mga munti at ng mga malaking hayop din naman.**
**26Doo'y nagsisiyaon ang mga sasakyan:**
**nandoon ang Leviatan na iyong nilikha upang maglibang doon.**

**104:24 "sa karunungan ay ginawa mo silang lahat"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Kawikaan 8:22-31, kung saan ang binigyang-katauhan na "karunungan" ay kinatawan ni YHWH sa paglalang (cf. Kawikaan 3:19).

▣ **"ang lupa ay puno ng iyong kayamanan"** Ito ay tumutukoy sa mga nabubuhay na nilalang na namulalak sa lupa, na nag bahagi ay mga nilalang sa tubig (Awit 104:25-26).

Ang terminong "mga kayamanan" (BDB 889) ay isinaling sa maraming mga paraan.

1. NASB, NKJV, TEV, NJB, REB – kayamanan
2. NASB (nasa gilid), NRSV – mga nilalang
3. JPSOA – mga nilikha
4. LXX – mga natamo
5. KJV, Peshitta – mga yaman
6. Knox – Iyong malikhaing kapangyarihan

Ang MT ay may isang PANG-ISAHAN, ngunit maaaring ito ay isang panglahat na PANGNGALAN.

**104:26 "nandoon ang Leviatan na iyong nilikha upang maglibang doon"** Ang Diyos ay naglalaro kasama ang mga hayop na Kaniyang nilikha. Sa Ugaritikong panitikan (i.e., mga teksto ng Ras Shamra) ang mataas na diyos, *El*, ay nakikipaglaro sa dambuhala ng dagat, *Loton* (Leviatan sa Hebreo). Mayroong isang maliwanag na kaugnaya sa pagitan ng paglalarawan ng OT at ang Ugarit (i.e., Cananeo) na mitolohiya. Sa aking palatay, ang mga may-akda ng OT ay ginamit ang kilalang mga konsepto, mga larawan, mga kuwento ng pagpapayabong na mga diyus-diyosan ng ANE upang pagtibayin ang pagkanatatangi at pagkamaharlika ni YHWH. Tingnan ang Natatanging Paksa:

Monoteismo.

Ang terminong “Leviatan” (BDB 531) ay tumutukoy sa isang sinauna, napakalaking dambuhala ng dagat, habang ang terminong “Behemoth” (BDB 97, Job 40:15) ay tila tumukoy sa sinauna, napakalaking dambuhalang panlupa (cf. Awit 74:13,14; Job 3:8; 41:1; Isaias 27:1). Para sa isang buong tala sa Leviatan, tingnan ang Isaias 27:1 sa internet.

Ang Jewish Study Bible (p. 1398) ay binabanggit na ang ilang mga iskolar ay nakikita ang terminong “Leviatan” sa literal nitong kaunawaan na “ang abay” – ang mga lumba-lumba o malaking isda na kadalasang makikita malapit sa mga bapor.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 104:27-30**

**27 Lahat ng ito ay nangaghihintay sa iyo,**
**upang iyong mabigyan sila ng kanilang pagkain sa ukol na kapanahunan.**
**28 Ang iyong ibinibigay sa kanila ay pinipisan nila;**
**iyong ibinubukas ang iyong kamay, sila ay nangabubusog ng kabutihan.**
**29 Iyong ikinukubli ang iyong mukha,**
**sila ay nangababagabag; iyong inaalis ang kanilang hininga, sila ay nangamamatay,**
**at nagsisibalik sa kanilang pagkaalabok.**
**30 Iyong sinusugo ang iyong Espiritu, sila ay nangalalalang;**
**at iyong binabago ang balat ng lupa.**

**104:27-28 “Lahat ng ito ay nangaghihintay sa iyo”** Ito ay nagpapakita ng pagkalinga at probidensiya ng Diyos para sa lahat ng mga nilalang na may hininga (cf. Genesis 1:29-30; taga-Colosas 1:17).

**104:29-30** Ito ay payak na katotohanan na ang matanda ay namamatay (cf. Genesis 3:19; Job 10:9; Awit 90:3) at ang bata ay ipinapanganak upang palitan sila. Ito ay isang maliwanag na pagkabanggit sa sangkatauhan na nilalang mula sa alabok ng lupa at ang Diyos ang naghinga sa kaniya ng hininga ng buhay (cf. Genesis 2:7).

Gayunman, ito ay nakakawili na ang tao ay nagiging isang *nephesh* (BDB 659) sa Genesis 2:7, na nangangahulugang “kaluluwang buhay.” Ang terminong *nephesh* ay ginamit din upang tumukoy sa mga hayop sa Genesis (cf. Genesis 1:24; 2:19). Tingnan ang tala sa internet sa Genesis 35:18.

▣ Pansinin ang dalawahang paggamit ng “espiritu” (i.e., “hininga,” BDB 924, tingnan ang Natatanging Paksa: Espiritu sa Bibliya).

1. ang pantaong espiritu o buhay na puwersa
2. Espiritu ng Diyos (o “hininga” ng Genesis 2:7)

Sa OT, ang “Espiritu” ay isang pwersa mula sa Diyos na naisakatuparan ang Kaniyang mga layunin (i.e., Genesis 1:2), ngunit sa NT, ang konsepto ay nagiging personal (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Persona ng Espiritu).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 104:31-35**

**31 Manatili nawa ang kaluwalhatian ng Panginoon kailan man;**
**magalak nawa ang Panginoon sa kaniyang mga gawa:**
**32 Na siyang tumitingin sa lupa at nayayanig:**
**kaniyang hinihipo ang mga bundok at nagsisiusok.**
**33 Aawit ako sa Panginoon habang ako ay nabubuhay:**
**ako ay aawit ng pagpuri sa aking Diyos, samantalang mayroon akong kabuhayan.**
**34 Matamisin nawa niya ang aking pagbubulay:**
**ako ay magagalak sa Panginoon.**
**35 Malipol nawa ang mga makasalanan sa lupa,**

**at mawala nawa ang masama.**
**Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**104:31-32** Ang maraming Ingles na mga salin ay nakikita ang Awit 104:31-32 bilang isang hiwalay na istropa (i.e., NKJV, TEV, NJB, REB). Ito ay isang sanggunian sa ikapitong araw ng paglalang.

Mayroong dalawang pang-gramatikong mga katangian sa mga talatang ito.

1. Ang Awit 104:31 ay may dalawang MGA PANGKAUTUSAN
    a. Manatili nawa ang kaluwalhatian ng Panginoon kailan man – BDB 224, KB 243, *Qal* PANGKAUTUSAN, cf. Awit 86:12
    b. magalak nawa ang Panginoon sa kaniyang mga gawa – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, cf. Genesis 1:31
2. Ang Awit 104:32 ay nagsimula na may "Na Siya. . ." (PANDIWARI), ay karaniwang sa simula ng Awit na ito (tingnan ang tala sa Awit 104:1)

**104:32** Ang wikang ito ay ginamit sa isang pagpapakita ng Diyos. Ang tuwirang pag-aakma nito sa Genesis 1 ay di-tiyak. Kadalasan itong naiuugnay sa isang panahon pagkatapos ang Pagkalugmok nang ang isang makasalanang mundo ay nangatal sa paglapit sa kaniyang banal na manlilikhang Diyos!

**104:33-34** Maraming Ingles na mga salin ay nakikita ang Awit 104:33-35b bilang isang hiwalay na istropa (i.e., NKJV, TEV, NJB, REB). Ito ay dahil sa

1. Awit 104:33 ay may dalawang MGA PANGPANGKAT
2. Awit 104:34-35b ay may dalawang *Qal* MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (at isang nagpapahiwatig ng ikatlo, Awit 104:35b)

Ang isa magpupuri Diyos sa salita, kaisipan, at buhay o ang isa ay mauubos (BDB 1070, KB 1752) at mapupuksa (sa literal "mawawala," cf. Job 24:24; Awit 37:10). Mayroong walang-hanggang mga kahihinatnan sa mga pagpiling ginawa sa panahon!

Ang ulirang paglikha ng kasaganahan at kapayapaan ay nasira ng kasalanana at paghihimagsik ng tao (i.e., Genesis 3). Ang pasimulang nilalang ng Diyos ay mapapanumbalik (paghambingin ang Genesis 1-2 sa Pahayag 21-22).

**104:35c-d** Ang wakas ng Awit na ito ay tumutugma sa dalawahang PAUTOS ng Awit 103 (dalawang *Piel* MGA PAUTOS, "purihin"). Dito

1. Purihin – BDB 138, KB 159, *Piel* PAUTOS
2. Papurihan – BDB 237, KB 248, *Piel* PAUTOS, cf. Awit 105:45; 106:48

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang Awit 103 at 104?
2. Ano ang kahalagahan ng terminong "YHWH," na isinaling"PANGINOON" (lahat ay

malalaking titik) at *Elohim*, ng isinaling "Diyos" sa Ingles?

3. Paano ipinapakilala ng Awit na ito ang Genesis 1?
4. Bakit ang presensiya ng mga anghel at sangkatauhan ay pinapababa sa Awit na ito at ang buhay ng hayop ay tinataas?
5. Bakit ang pagkilos ng Diyos sa buwan at mga bituin ay lubhang mahalaga sa konteksto ng ANE?
6. Paano ipinapakilala ng Awit 104:33-34 ang iba pang mahahalagang bahagi ng mga katotohanan sa OT patungkol sa pagkalinga ng Diyos kapwa sa buhay na ito at sa susunod na buhay?
7. Ipaliwanag ang makabagong teolohikong konsepto ng "pagkalipol."

# AWIT 105

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Nakamamanghang Gawa ng Diyos para sa Israel | Ang Walang-hanggang katapatan ng Panginoon | Ang Kuwento ng Dakilang mga Gawa ng Diyos para sa Kaniyang Bayan | Diyos at Kanyang Bayan | Ang Kahangahangang Kasaysayan ng Israel |
| Walang Panimula sa MT | | | | |
| 105:1-7 | 105:1-6 | 105:1-6 | 105:1-6 | 105:1-3 |
| | | | | 105:4-5 |
| | | | | 105:6-7 |
| | 105:7-12 | 105:7-11 | 105:7-11 | |
| 105:8-15 | | | | 105:8-9 |
| | | | | 105:10-11 |
| | | 105:12-15 | 105:12-15 | 105:12-13 |
| | 105:13-15 | | | |
| | | | | 105:14-15 |
| 105:16-24 | 105:16-22 | 105:16-22 | 105:16-22 | 105:16-17 |
| | | | | 105:18-19 |
| | | | | 105:20-21 |
| | | | | 105:22-23 |
| | 105:23-25 | 105:23-25 | 105:23-25 | |
| | | | | 105:24-25 |
| 105:25-36 | | | | |
| | 105:26-36 | 105:26-36 | 105:26-36 | 105:26-27 |
| | | | | 105:28-29 |
| | | | | 105:30-31 |
| | | | | 105:32-33 |
| | | | | 105:34-35 |
| | | | | 105:36-37 |
| 105:37-45 | 105:37-41 | 105:37-42 | 105:37-42 | |
| | | | | 105:38-39 |
| | | | | 105:40-41 |
| | 105:42-45 | | | 105:42-43 |
| | | 105:43-45 | 105:43-45b | |
| | | | | 105:44-45 |
| | | | 105:45c | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Awit 105 at Awit 106 ay bumubuo ng isang teolohikong yunit.
   Isa lamang dagdag na kaisipan, ang mga makabagong tagapagpaliwanag ng Bibliya ay tiyak na hindi nila nalalaman kung bakit, paano, o kailan ang Awit ay pinatnugot at kung sino. Ito ay totoo para sa lahat ng ang Hebreong Bibliya. Ang paraan ay nawala na sa atin. Kaiya, ito ay dapat na tanggapin na maraming mga pagpapalagay at mga haka-haka na naghahatid ng mga makabagong teoriya sa pamamaraan ng kanonisasyon. Akoy ay tiyak at lubusang pinaninindigan ang inspirasyon ng mga Kasulatan (tingnan ang tatlong video sa www.freebiblecommentary.org, unang talata), ngunit tinatanggap din ang pagkakaunawa ng mga Hudyo sa kanilang kanon at ang pagpapasiya ng sinaunang iglesiya sa kung anong mga aklat ang isasama.
   Tingnan ang Natatanging Paksa: Inspirasyon at Natatanging Paksa: Batayang Aklat sa Pagbibigay-kahulugan sa Bibliya, "Ang Bibliya, I "Kanon," p. 19, sa internet, www.freebiblecommentary.org.

B. Ang Awit 105 ay naglalarawan ng mga pagkilos ng pag-ibig at biyaya ng Diyos sa buhay ng kasunduang bayan.
   1. paunang pagtawag sa mga Patriyarka, Awit 105:1-7
   2. ang paglalakbay ng mga Patriyarka sa Canaan, Awit 105:8-15
   3. Patriyarka (Jacob) sa Ehipto, Awit 105:16-24
   4. Israel mula sa Ehipto, Awit 105:25-36
   5. Israel patungo sa Canaan, Awit 105:37-45

C. Awit 106 ay naglalarawan ng pagkapahiya sa mapaghimagsik na tugon ng Israel.

D. Mayroong maraming pagkakatulad ang Awit na ito at 1 Cronica 16:7-46.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 105:1-7**
**1 Oh magpasalamat kayo sa Panginoon, kayo'y magsitawag sa kaniyang pangalan;**

**ipabatid ninyo ang kaniyang mga gawain sa mga bayan.**
**2Magsiawit kayo sa kaniya, magsiawit kayo sa kaniya ng mga pagpuri;**
**salitain ninyo ang lahat niyang kagilagilalas na mga gawa.**
**3Lumuwalhati kayo sa kaniyang banal na pangalan:**
**mangagalak ang puso nila na nagsisihanap sa Panginoon.**
**4Hanapin ninyo ang Panginoon at ang kaniyang kalakasan;**
**hanapin ninyo ang kaniyang mukha magpakailan man.**
**5Alalahanin ninyo ang kaniyang kagilagilalas na mga gawa na kaniyang ginawa:**
**ang kaniyang mga kababalaghan at ang mga kahatulan ng kaniyang bibig;**
**6Oh ninyong binhi ni Abraham na kaniyang lingkod,**
**ninyong mga anak ni Jacob, na kaniyang mga hirang.**
**7Siya ang Panginoon nating Diyos:**
**ang kaniyang mga kahatulan ay nangasa buong lupa.**

**105:1-7** Ang Awit na ito at ang istropang ito ay pinapatingkad ang natatanging pagtawag ni YHWH at pakikipag-ugnayan kay Abraham at kaniyang mga supling. Si YHWH ay kumikilos nang makapangyarihang, may layuning pamamaraan upang maisakatuparan ang Kaniyang kapahayagan sa pamamagitan ng pamilyang ito.

Ang Awit na ito gumagamit ng maraming mga termino na naglalarawan ng mga gawang ito.

1. Kaniyang mga gawa, Awit 105:1 – BDB 760, cf. 1 Cronica 16:8; Awit 9:11; 66:5; 77:13; 78:11; 103:7; Isaias 12:4
2. lahat ng Kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa, Awit 105:2 – BDB 810, cf. Exodo 3:20; 34:10; Josue 3:5; Mga Hukom 6:13; 1 Cronica 16:9,24; Job 37:5,14; Awit 9:1; 26:7; 78:11; 139:14; Jeremias 21:2; Mikas 7:15, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kagilagilalas na Bagay
3. kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa, Awit 105:5 – BDB 810, tingnan ang Natatanging Paksa sa #2
4. Kaniyang mga kababalaghan, Awit 105:5 – BDB 68, cf. Exodo 7:3; 11:9; 1 Cronica 16:12; Job 3:3
5. ang mga kahatulan, Awit 105:5 – BDB 1048, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos
6. Kaniyang mga kahatulan, Awit 105:7 – BDB 1048
7. Kaniyang mga tanda, Awit 105:27 – BDB 68

Ang iba't-ibang mga yugto ng kasaysayan ng Israel ay nagpapakilala ng mga natatanging pagkilos ni YHWH sa kapakanan ng pamilya ni Abraham. Ang layunin ng mga maka-Diyos na pagkilos na ito ay upang tulungan ang mga bansa na makilala si YHWH, cf. 1 Mga Hari 8:42-43; tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

Ang Awit 105:1-5 ay may isang kalipunan ng MGA PAUTOS na nagsasamo ng pagsamba kay YHWH sa templo.

1. magpasalamat – BDB 392, KB 389, *Hiphil*, cf. 1 Cronica 16:8,34; Isaias 12:4
2. magsitawag – BDB 894, KB 1128, *Qal*, cf. Awit 99:6
3. ipabatid – BDB 393, KB 390, *Hiphil*, cf. Awit 145:12
4. magsiawit – BDB 1010, KB 1479, *Qal*
5. magsiawit ng mga papuri – BDB 274, KB 273, *Piel*, cf. Awit 66:2; 68:4; 135:3
6. salitain/magnilay – BDB 967, KB 1319, *Qal* cf. Awit 77:12; 119:27; 145:5; 147:1
7. lumuluwalhati – BDB 237, KB 248, *Hithpael*
8. hanapin – BDB 205, KB 233, cf. Exodo 33:7; Deuteronomio 4:29; 1 Cronica 16:10; 2 Cronica 11:10-11; Isaias 51:1; Jeremias 50:4; Osea 3:5; 5:6
9. hanapin – BDB 134, KB 152, *Piel*, cf. 1 Cronica 16:11; 2 Cronica 7:14; Awit 27:8; Amos 4:5
10. alalahanin – BDB 269, KB 269, *Qal* cf. 1 Cronica 16:12

**105:1 "ang Paninoon"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣ **"magsitawag sa Kaniyang pangalan"** Awit 105:1-4 ay naglalarawan ng kultong (pang-relihiyong pamamaraan) pagsamba. Ang "pangalan" ay nagpapakilala ng katangian ng Persona. Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

▣ **"ipabatid ninyo ang kaniyang mga gawain sa mga bayan"** Ito ay kalooban ng Diyos na ang lahat ng sa mundo (cf. Awit 105:7b) ay makakilala sa Kaniya (cf. Awit 145:12; Isaias 12:4-5, tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH). Ang Israel ay isang kaparaan sa dito at ang Bibliya ay isang tala ng kapahayagang ito.

**105:2 "Magsiawit sa kaniya"** Ito (BDB 967, KB 1319) rin ay naglalarawan ng kultong pagsamba. Sila ay umaawit ng mga awit tungkol kay YHWH at ang Kaniyang mga gawa ng kaligtasan.

▣ **"salitain"** Ito sa literal ay "bulay-bulayin" o "magnilay." Dapat nating ingatan ang katangian at mga gawa ng Diyos sa ating isipan (cf. Awit 105:5; Deuteronomio 6:6-9).

**105:3 "lumuwalhati"** Ang PANDIWA ay nangangahulugang ipagmayabang (BDB 237). Ang Israel ay "lumuwalhati" sa uri ng Diyos na tumawag sa kanila at natatangi nilang Diyos.

▣ **"mangagalak ang puso nila na nagsisihanap sa Panginoon"** Ang "puso" ay nagpapahayag ng ang buong katauhan (tingnan ang Natatanging Paksa: Puso). Tayo ay dapat tumugon (ang PANDIWA ay isang *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan) sa pagkukusa ng Diyos, at ang nararapat na paraan ay may "kagalakan" (BDB 970).

**105:4**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NJB, NRSV** | **"at ang Kaniyang kalakasan"** |
| **TEV** | **"para sa tulong"** |
| **LXX, Moffatt** | **"at maging malakas"** |
| **JPSOA** | **"Kaniyang lakas" (tumutukoy sa Arko, cf. Awit 78:61; 132:8)** |
| **Peshitta, REB** | **"maging malakas"** |
| **NAB** | **"magtiwala sa"** |
| **NET Bible** | **"at ang kalakasang kaniyang ibinibigay"** |

Maliwanag mula sa iba't-ibang mga salin, ang parirala ay di-tiyak. Sa aking palagay, mula sa ang konteksto ng templo pagsamba (i.e., Awit 105:1-4), na ang opsyong JPSOA ay pinakaakma (i.e., ang Arko, cf. Awit 78:61; 132:8).

▣ **"hanapin ang kaniyang mukha magpakailan man"** Ito ay isang pangwikaing paraan sa pagtawag sa matapat na mga taga-sunod na mapanatili si YHWH at Kaniyang kapahayagan sa kanilang mga isipan (cf. Deuteronomio 6:6-9).

Ito ay katulad sa pagbibigay-diin ni Pablo na manalangin na walang-humpay (cf. taga-Efeso 6:18; 1 taga-Thesalonica 5:16-18).

**105:5 "ang mga kahatulan ng kaniyang bibig"** Ito ay nagpapakilala ng Hebreong konsepto ng kapangyarihan ng isinawikang salita (cf. Genesis 1:1; Isaias 55:1; Juan 1:1; at note at Genesis 1:3). Para sa "mga kahatulan" tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

**105:6** Ang talatang ito ay nagpapakilala ng pagpili ng Diyos kay Abraham (Awit 105:6a) at kaniyang

mga supling (105:6b) bilang Kaniyang piniling kaparaanan upang tubusin ang lahat ng sangkatauhan, Genesis 3:15.

Tandaan, sa OT ang terminong "pinili" (BDB 104; 1 Cronica 16:13) ay ginamit para sa kaparaanan (i.e., paglilingkod), hindi kaligtasan. Pinili ng Diyos na gamiting ang mga bansa, bayan, at pangkasaysayang mga pangyayari para sa Kaniyang mas malawak na pangkatubusang plano (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

**105:7 "Siya ang Panginoon nating Diyos"** Ang pariralang ito ay maaaring isang sanggunian sa pangkasunduang wika ng Exodo 20:2. Nakapaloob dito ang dalawang pinaka-karaniwang mga pangalan para sa pagka-Diyos, YHWH – Panginoon at *Elohim* – Diyos. Ang makabagong kanluraning pag-aaral ay ipinapahayag na ang mga ito ay nagpapapakilala ng pangalan ng pagka-Diyos na ginamit ng dalawang magkaibang taong may-akda sa OT. Ang mga Hudyo ay nagpapahayag na sila ang nagpapakilala ng mga katangian ng isang tunay na Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo). Ang *Elohim* ay titulo ng pagka-Diyos bilang tagapaglalang, tagapagtustos, at tagapanatili ng lahat ng buhay, habang ang YHWH ay kasunduan titulo ng pagka-Diyos bilang tagapagligtas at manunubos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos.

▣ **"ang kaniyang mga kahatulan ay nangasa buong lupa"** Ito ay tumutukoy sa panlahat na pagtuon ng Diyos, na lubhang nangingibabaw sa bahaging ito ng Awit (i.e., Awit 96, tingnan ang mga tala doon).

Ang terminong "mundo" ay maaaring isinaling "lupain." Tingnan ang Natatanging Paksa: Lupain, Bansa, Mundo.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 105:8-15**

**8 Kaniyang inalaala ang kaniyang kasunduan magpakailan man,**
**ang salita na kaniyang iniutos sa libong sali't saling lahi;**
**9 Ang kasunduan na kaniyang ginawa kay Abraham,**
**at ang kaniyang sumpa kay Isaac;**
**10 At pinagtibay yaon kay Jacob na pinakapalatuntunan,**
**sa Israel na pinakawalang hanggang kasunduan:**
**11 Na sinasabi, sa iyo'y ibibigay ko ang lupain ng Canaan,**
**ang kapalaran na iyong mana;**
**12 Nang sila ay kaunti lamang tao sa bilang;**
**Oo, totoong kaunti, at nangakikipamayan doon;**
**13 At sila ay nagsiyaon sa bansa at bansa,**
**mula sa isang kaharian hanggang sa ibang bayan.**
**14 Hindi niya tiniis ang sinomang tao na gawan sila ng kamalian;**
**Oo, kaniyang sinawang mga hari dahil sa kanila;**
**15 Na sinasabi, Huwag ninyong galawin ang mga pinahiran ko ng langis.**
**At huwag ninyong gawan ng masama ang mga propeta ko.**

**105:8-15** Ang istropang ito ay pagkabanggit sa pagtawag ni YHWH kay Abraham na lisanin ang Ur at sundan Siya sa isang bagong lupain ng pangako (i.e., Genesis 12-18). Ang katulad na pangako ay muling pinagtibay kay Jacob/Israel (cf. Genesis 28:13-15).

Kinalinga at tinaguyod ni YHWH ang mga supling nila Abraham habang sila ay naglalakbay sa Canaan (i.e., Genesis 12:7; 20:1-7; 35:5).

**105:8 "Kaniyang inalaala ang kaniyang kasunduan magpakailan man"** Halos lahat ng mga pangako ng Diyos ay may pasubali sa pantaong pagtugon. Samakatuwid, ang "magpakailan man" ay dapat bigyang-kahulugan sa konteksto ng may pasubali/ walang pasubaling kasunduan (tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailan man (*'olam*).

Ang pagtuon ng biblikal na kapahayagan ay matapat na Diyos na kahit na ang sangkatauhan ay hindi (paghambingin ang Awit 105 sa Awit 106). Ang pag-asa ng nalugmok na sangkatauhan ay hindi sa kaniyang kakayahan na tumupad, kahit na mayroong pangangailangan sa nagpapatuloy pagsisiling pananampalataya na pagtugon. Ito ang di-nagbabagong katangian ng Diyos na nagtatakda ng pag-asa at katiyakan (cf. Malakias 1:6).

Para sa "kasunduan" tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan.

▣ **"sa libong sali't saling lahi"** Ito ay isang wikain para sa katapatan ng Diyos. Ito ay kaagapay ng "magpakailan man" sa Awit 105:8a. Ito ay ginamit bilang isang kaibahan sa pagitan ng pag-ibig at katarungan ng Diyos sa Deuteronomio 5:9 at 7:9.

Ang "sanlibo" ay isang simbolikong bilang na ginamit sa maraming kaparaanan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Sanlibo (*eleph*) at Natatanging Paksa: Simbolikong Bilang sa Banal na Kasulatan.

**105:9-10** Inuulit ni YHWH ang Kaniyang paunang pangako tungkol sa lupain ni Abram sa iba pang mga Patriyarka.

1. Abraham – Genesis 12:7; 13:15; 15:18
2. Isaac – Genesis 26:3-4
3. Jacob/Israel – Genesis 28:13

**105:11** Ito ay isang pagkabanggit sa Genesis 12:1; 13:15; at 15:18.

▣ **"ang kapalaran na iyong mana"** Tingnan ang buong tala sa internet sa Awit 78:55.

**105:12** Ang pamilya ni Abraham ay nagsimila ng napaka kaunti (cf. Genesis 34:30; 46:26-27; Deuteronomio 7:7; 1 Cronica 16:19) ngunit lumago bilang kasing dami ng mga bituin stars ng langit, ang buhangin sa dalampasigan.

**105:15 "mga pinahiran ko ng langis. . . mga propeta ko"** Ang mga ito ay magkaugnay sa pagkakaagapay, samakatuwid, tumukoy sa mga Patriyarka (cf. Genesis 20:7).

Ang terminong "mga pinahiran ng langis" (BDB 603) ay ang ugat na kahulugan ng Mesias (tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias). Ito ay tumutukoy sa mga Patriyarka o ang komunidad na pinili at tinaguyod ng Diyos upang tuparin ang Kaniyang kalooban.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 105:16-24**

**16 At siya ay nagdala ng kagutom sa lupain;**
**kaniyang binali ang buong tukod ng tinapay.**
**17 Siya'y nagsugo ng isang lalake sa unahan nila;**
**si Jose ay naipagbiling pinakaalipin:**
**18 Ang kaniyang mga paa ay sinaktan nila ng mga pangpangaw;**
**siya ay nalagay sa mga tanikalang bakal:**
**19 Hanggang sa panahon na nangyari ang kaniyang salita;**
**tinikman siya ng salita ng Panginoon.**
**20 Ang hari ay nagsugo, at pinawalan siya;**
**sa makatuwid baga'y ang pinuno ng mga bayan, at pinalaya niya siya.**
**21 Ginawa niya siyang panginoon sa kaniyang bahay,**
**at pinuno sa lahat niyang pag-aari:**
**22 Upang talian ang kaniyang mga pangulo sa kaniyang kaligayahan,**
**at turuan ang kaniyang mga kasangguni ng karunungan.**
**23 Si Israel naman ay nasok sa Ehipto;**
**at si Jacob ay nakipamayan sa lupain ng Cham.**
**24 At kaniyang pinalagong mainam ang kaniyang bayan,**

**at pinalakas sila kay sa kanilang mga kaaway.**

**105:16-24** Ang istropang ito ay tumutukoy sa pangunguna ni YHWH sa Kaniyang kasunduang bayan mula sa Canaan patungong Ehipto. Ito ay plano ng Diyos.

1. isinugo si Jose bilang isang pinuno sa paghahanda, Awit 105:17
2. mapilit ang pagkilos sa pamamagitan ng isang taggutom, Awit 105:16
3. magdulot ng susunod na pag-aalitan sa pagitan ng mga Ehipsio at mga Israelita upang maipakilala ang Kaniyang kapangyarihan labang sa mga diyus-diyosang Ehipsio at ihayag ang Kaniyang sarili sa mga Ehipsio at ang mga nakapalibot na bansa ng ANE, Awit 105:25

Ang "kaunti sa bilang" ng Awit 105:12 ay pinag-iba sa Awit 105:24.

**105:16 "siya ay nagdala. . .kaniyang binali"** Diyos gumagamit ng sakuna para sa Kaniyang mga layunin, Isaias 45:7. Ito ay tila kasalungat ng Awit 105:14-15, ngunit ang Diyos gumagamit ng kapwa positibo at negatibong mga pangyayari. Ito ay maliwanag sa Kaniyang pangkasunduang pakikipag-ugnayan sa Israel (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-29; Awit 1). Tingnan ang buong tala sa Isaias 45:7 sa internet.

▣ **"tukod at tinapay"** Ang wikaing ito ay ginamit nang maraming beses sa OT (cf. Levitico 26:26; Ezekiel 4:16; 5:16; 14:13). Ang Diyos ang namamahal sa ulan at pagkain. Nais Niyang magpala ngunit ang kasalanan at paghihimagsik ay nagdulot sa mga pangangailangan ng buhay na ipagkait (i.e., Levitico 26; Deuteronomio 27-30). Sa Awit 105, ang taggutom ay upang maisakatuparan ang isang maka-Diyos na plano (i.e., si Jose sa lugar ng pamumuno sa Ehipto at ang Israel ay tumira dito).

Ang terminong "tukod" (BDB 641) ay maaaring tumukoy sa

1. tangkay ng binhi
2. tangkay na kahoy kung saan ikinakarga ang pagkain
3. tangkay na kahoy na pangbiting ng pagkain upang di ito makain ng mga hayop
4. simbolikong paraan na tumutukoy sa lubusang pangangailangan ng tinapay para sa buhay sa ANE

**105:17 "Siya'y nagsugo ng isang lalake sa unahan nila"** Ito ay tumutukoy kay Jose bilang kaparaanan ng Diyos sa pagliligtas at pagtataguyod sa pilining pamilya ni Jacob (cf. Genesis 37; 39-46). Ang sariling kaunawaani Jose sa mga pagkilos ni YHWH ay nahayag sa Genesis 45:4-8; 50:20. Ang mga mata ng pananampalataya ay nakikita nang maliwanag ang kasaysayan!

**105:18 "siya ay nalagay sa mga tanikalang bakal"** Ito ay nagpapakilala ng masakit na karanasan ni Jose na ipinagbili ng kaniyang sariling mga kapatid, bagama't kaniya kinilala ang kamay ng Diyos (cf. Genesis 37; 45:4-8).

Ang MT sa literal ay "bakal na dumating (sa kaniyang) kaluluwa."

Ang PANDIWA na "dumating" (BDB 97, KB 112, *Qal* GANAP) ay isang karaniwang PANDIWA, na may maraming kahulugan.

Ang salitang "kaluluwa" ay *nephesh* (BDB 659), na may malawak ding semantikong gamit, ngunit kadalasang nangangahulugang buhay na humihinga sa planetang ito (i.e., tao at hayop).

Karamihan ng makabagong Ingles na mga salin ay pinagpapalagay na ang mga katinig para sa *nephesh*, sa kontekstong ito, ay nagpapakilala ng isang Akkadian na ugat para sa "lalamunan" o "leeg" (cf. NRSV, TEV, NJB, JPSOA, REB). Ang bakal ay isang paraan ng pagtukoy sa pagkabilanggo (cf. Awit 107:10).

Gayunman, ang LXX ay isinalin ang parirala bilang "a kaniyang kaluluwa ay dumaan sa bakal." Ang mga karanasan sa buhay ni Jose sa pagtanggi ng kaniyang mga kapatid na lalaki at ang malupit na pakikitungo sa bilangguan sa Ehipto ay napakasakit at nagtatagal na mga pilat. Ngunit sila rin ay lumikha ng isang malakas, matapat na tagasunod (cf. Hebreo 5:8).

**105:19 "tinikman siya ng Panginoon"** Sinusubukan ng Diyos ang lahat ng Kaniyang mga anak (cf. Adan at Eba, Genesis 3; Abraham, Genesis 22:1; Hesus, Mateo 4:11). Ang pagsubok ay para sa pagpapalakas, hindi pagwasak. Tingnan ang Natatanging Paksa: Sinusubukan ng Diyos ang Kaniyang Bayan.

**105:20 "ang hari"** Mayroong maraming di-pagkakasundo sa mga iskolar tungkol sa mga petsa na nauugnay sa paglalakbay ng Israel sa Ehipto at ang petsa ng Exodo. Ang mga makabagong iskolar ay hindi tiyak

1. ang petsa ng Exodo
2. ang bilang ng mga Israelita na kabilang sa Exodo
3. ang Faraon ng Exodo
4. ang ruta ng Exodo

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Exodo (mga di-katiyakan).

**105:22** Ang Awit 105:20-22 ay nauunay sa Faraon. Pinahintulutan niya si Jose na magkaroon ng kapamahalaan sa kaniyang sariling mga prinsipe at mga pinuno.

Ang terminong "mabilanggo" sa literal ay "gupusin" (BDB 63, KB 75, *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN). Ito ang legal na terminong nauugnay sa "paggapos at pagkalag" (cf. UBS Text Project, p. 380).

Sa konteksto ng salitang ito, na kadalasang nangangauhulugang "ang paggapos sa isang bilanggo," ay kung ano ang makapangyarihang paglalarawan ng Awit 105:18 na naglalarawan, ngunit hindi nito ginagamit ang salita. Gayunman, may isang maliwanag na paglalaro – ang mga Ehipsio ang naggapos kay Jose, ngayon siya ay naggapos sa kanila!

**105:24** Ito ay nagpapakilala ng pagpapala sa maraming mga anak na makikita sa Exodo 1:7,9.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 105:25-36**

**25Kaniyang pinapanumbalik ang kanilang puso upang mangagtanim sa kaniyang bayan,**
**upang magsigawang may katusuhan sa kaniyang mga lingkod.**
**26Kaniyang sinugo si Moises na kaniyang lingkod,**
**at si Aaron na kaniyang hirang.**
**27Kanilang inilagay sa gitna nila ang kaniyang mga tanda,**
**at mga kababalaghan sa lupain ng Cham.**
**28Siya'y nagsugo ng mga kadiliman, at nagpadilim;**
**at sila ay hindi nagsipanghimagsik laban sa kaniyang mga salita.**
**29Kaniyang pinapaging dugo ang kanilang tubig,**
**at pinatay ang kanilang mga isda.**
**30Ang kanilang lupain ay binukalan ng mga palaka,**
**sa mga silid ng kanilang mga hari.**
**31Siya'y nagsalita, at dumating ang mga pulutong na mga langaw,**
**at kuto sa lahat ng kanilang mga hangganan.**
**32Ibinigay niya sa kanila na pinakaulan ay graniso,**
**at liyab ng apoy sa kanilang lupain.**
**33Sinaktan naman niya ang kanilang mga puno ng ubas, at mga puno ng higos;**
**at binali ang mga punong kahoy ng kanilang mga hangganan.**
**34Siya'y nagsalita at ang mga balang ay nagsidating,**
**at ang mga higad, ay yao'y walang bilang,**
**35At kinain ang lahat na gugulayin sa kanilang lupain,**
**at kinain ang bunga ng kanilang lupa.**
**36Sinaktan din niya ang lahat na panganay sa kanilang lupain,**
**ang puno ng lahat nilang kalakasan.**

**105:25-36** Habang ang Awit 105:8-15 ay ipinapakilala ang Patriyartikong yugto at Awit 105:16-24 ay ipinapakilala ng karanasan ni Jose, ang Awit 105:25-36 ay ipinapakilala ang Exodo.

**105:25 "Kaniyang pinapanumbalik ang kanilang puso upang mangagtanim sa kaniyang bayan"** Habang pinatigas ng Diyos ang puso ng Faraon sa mga kahilingan ni Moises, kaniyang pinatigas ang puso ng bayan ng Ehipto sa mga Hudyo. Ang sumusunod, isinama Ko ang aking hindi pa nalalathalang mga tala sa Exodo 4:21.

> **Exodo 4:21 "datapuwa't aking papagmamatigasin ang kaniyang puso, at hindi niya tutulutang yumaon ang bayan"** Pinabatid ng Diyos kay Moises na kahit na sa presensiya ng dakilang liwanag, ang Hebreo ay maniniwala, ngunit ang Faraon ay hindi maniniwala. Ang talatang ito, at isang katulad nito, ay nagdudulot ng napakalaking suliranin sa mga teologo ng kanluran. Dapat nating hayanan ang pagpapahayag nito sa orihinal na konteksto at hindi dapat dalalahin sa talata ang mga tanong na hindi ninanais na itanong o ipaliwanag. Sa ANE, at lalo na sa Israel, ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mga bagay (cf. Job 2:10; Ecclesiastes 3:28 Isaias 45:7; 54:16; Panaghoy 3:37; Ezekiel 14:9; Amos 3:6b). Samakatuwid, ang mga Hudyo ay walang nakitang suliranin sa pagpapatigas ng Diyos sa puso ng Faraon o sa pagpapatiga ng Faraon ng kaniyang sariling puso. Ito ay lamang sa liwanag ng karagdagang kapahayagan sa NT tungkol sa pangangailangan ng sangkatauhan na tumugon sa Diyos, na ang suliranin ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan ay nagiging isang mahiwagang kabalintunaan para sa iglesiya. Pinakaakma na ang kapwa katotohanang ito ay paninindigan kaysa palabisin ang isa laban sa isa pa. Ang pinakamagandang lugar sa Bible upang matiyak ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng dalawang ito ay ang taga-Roma 9 sa dakilang kapangyarihan ng Diyos at ang taga-Roma 10 sa malayang pagpili ng sangkatauhan. Sa Exodo, ang Faraon ay inilarawan na pinatigas sa tatlong paraan.
>
> 1. pinatigas ng Diyos ang kaniyang puso, Exodo 4:21; 7:3; 9:12; 10:1,20,27; 11:10; 14:4,8 (cf. taga-Roma 9:34)
> 2. pinatigas ng Faraon ang kaniyang sariling puso, Exodo 8:15,32; 9:34
> 3. ang kaniyang puso ay pinatigas ngunit walang binanggit na pinagmumulan, Exodo 7:13,14,22; 8:19; 9:7,35
>
> Ito rin ay nakakawiling tandaan na ang tatlong magkakaibang MGA PANDIWA ay ginamit sa paglalarawan ng pagpapatigas na ito.
>
> 1. "maging malakas" sa kaunawaan ng matigas na puso, Exodo 4:21; 7:13,22; 8:19; 9:12,35; 10:20,27; 11:10; 14:4,8
> 2. "maging mabigat" at, samakatuwid, kulang sa pagtugon, Exodo 7:14; 8:15,32; 9:7,34; 10:1
> 3. "maging matigas," Exodo 7:3
>
> Gayunman, ang lahat mga ito ay tila ginamit sa isang magkasing-kahulugan ugnayan. Ang Bibliya ay binibigyang-diin ang pagtuturo na ang bawat isa ay may personal na pananagutan para sa ating mga pagkilos, kasama sina Faraon at Judas Iscariote.

**105:26** Ang tala ng pagtawag ni YHWH kay Moises at pagpapadala sa kaniya pabalit ng Ehipto ay ay nakatala sa Exodo 3-4.

Ang ang pangangailangan kay Aaron ay ipinaliwanag sa Exodo 4:10-17.

1. Exodo 4:10, ang katuwiran ni Moises
2. Exodo 4:11-12, ang tugon ni YHWH
3. Exodo 4:13, ang patuloy na pagtanggi ni Moises
4. Exodo 4:14-16, ang tugon ni YHWH sa pagsugo kay Aaron upang magpahayag para sa kaniya

**105:27 "ang lupain ng Cham"** Ang Hebreo ay kinilala na ang mga Ehipsio ay mga sinaunang

kapatid. Si Cham ay binanggit din sa Awit 78:51; 106:22. Ito ay nagpapahayag ng pagkakaisa ng sangkatauhan. Tingnan ang buong mga tala sa Genesis 10.

**105:28-36** Ito ay naglalarawan ng mga salot (cf. Exodo 7-11). Gayunman, ito bahagyang tala lamang. Nagsimula tio sa may ika-9, pagkatapos ay una, ika-2, ika-4, ika-3, ika-7, ika-8, at ika-10.

**105:28 "at sila ay hindi nagsipanghimagsik laban sa kaniyang mga salita"** Ang LXX at Peshitta ay hindi isinama ang negatibo. Ito ay sinundan ng NRSV at REB. Gayunman, ang MT ay may negatibong at ang UBS Text Project ay binibigyan ang pagkakasama nito ng isang "B" na antas (ilang pagduruda). Ang isyu ng pagpapaliwanag ay, sino ang "sila."

1. MT – Moises at Aaron
2. LXX – ang mga Ehipsio, lalo na ang Faraon

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 105:37-45**

**37 At kaniyang inilabas sila na may pilak at ginto:**
**at hindi nagkaroon ng mahinang tao sa kaniyang mga lipi.**
**38 Natuwa ang Ehipto nang sila ay magsialis;**
**sapagkat ang takot sa kanila ay nahulog sa kanila.**
**39 Kaniyang inilatag ang ulap na pinakakubong;**
**at apoy upang magbigay liwanag sa gabi,**
**40 Sila'y nagsihingi, at dinalhan niya ng mga pugo,**
**at binusog niya sila ng pagkain na mula sa langit.**
**41 Kaniyang ibinuka ang bato at binukalan ng tubig;**
**nagsiagos sa tuyong mga dako na parang ilog.**
**42 Sapagka't kaniyang naalaala ang kaniyang banal na salita,**
**at si Abraham na kaniyang lingkod.**
**43 At kaniyang inilabas ang kaniyang bayan na may kagalakan,**
**at ang kaniyang hirang na may awitan.**
**44 At ibinigay niya sa kanila ang mga lupain ng mga bansa;**
**at kinuha nila ang gawa ng mga bayan na pinakaari:**
**45 Upang kanilang maingatan ang kaniyang mga palatuntunan,**
**at sundin ang kaniyang mga kautusan.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**105:37-43** Ang mga talata ay nagpapakilala ng yugto ng paglalagalag sa ilang (cf. Bilang 13-36).

**105:37 "na may pilak at ginto"** Ang mga Ehipsio ay nagkaloob sa mga Israelita ng maraming ginto at pilak (cf. Exodo 3:21-22; 11:2; 12:35-36). Ito ay isang paraan ng paglalarawan ng nakakahiyang pagkatalo kay YHWH (cf. Awit 105:38).

▣ **"sa kaniyang mga lipi"** Ang pariralang ito ay maaaring maiugnay "sa kanilang mga hukbo" (BDB 838), na makikita sa Exodo 6:26; 12:51; at Josephus, *Antiq*. 14.6. Nangangahulugan ito na habang nililisan ng mga Israelita ang Ehipto sa kanilang Exodo, sila ay nagkampo sa pang-tribong pagpapangkat.

▣ **"hindi nagkaroon ng mahinang tao"** Ito ay nagpapakita ng natatanging mahimalang pagkalinga ng Diyos para sa matanda, maysakit, at bata (cf. Deuteronomio 8:4).

**105:39 ". . .ulap. . ."** Ito ay tinawag na "*Shekinah* na Ulap ng Kaluwalhatian" ng mga rabbi (cf. Exodo 13:21-22; 14:19,24; 33:9-10; Awit 78:14; 99:7). Isinakatuparan nito ang maraming mga bagay para sa mga Israelita.

1. simbolo ng personal na presensya ni YHWH (*shekinah* ay nangangahulugang "manahan kasama ng")
2. inihiwalay nito ang Israel mula sa mga piling kawal ng Faraon (cf. Exodo 4:19-20)
3. pinangunahan nito ang Israel (cf. Exodo 13:21-22; Bilang 9:17-23)
4. tinakpan sila nito at nagsanggalang sa kanila mula sa init (cf. Awit 105:39)
5. iniilawan nito ang kanilang kampo sa gabi, kahit na ipahintulot maglakbay ang Israel sa gabi (cf. Exodo 13:21; Nehemiah 9:12,19)
6. nagdulot ito ng pagkatakot sa mga bansa sa Israel (cf. Exodo 23:27; Deuteronomio 2:25; 11:25; Josue 2:9)
7. ito ay tuluyan nang naglaho nung nakatawid na ang Israel sa Jordan (cf. Exodo 16:35; Josue 5:12), ngunit muling nakita sa paghahandog ng templo ni Solomon (1 Mga Hari 8).

**105:40 "Sila'y nagsihingi"** Ang MT ay may "siya ay humiling." Ang UBS Text Project (p. 381) ay nagbibigay ng isang "C" na antas (hindi kakaunting pagduruda). Ang katanungan ay sino sa PANGHALIP ang tinutukoy.

1. ang bayan bilang isang kabuuan
2. isa sa kanilang kumakatawan bilang isang tagapagsalita
3. si YHWH mismo

▣ **"pugo"** Ang Diyos ay naglaan ng karneng pugo nang dalawang beses (cf. Exodo 16:13-14 at Bilang 11:31) bilang isang tanda ng Kaniyang pag-ibig at pangako ng pagtataguyod at pagkalinga.

▣ **"pagkain na mula sa langit"** Ito ay isa pang pangalan para sa mana (cf. Exodo 16).

Sa Deuteronomio 8:3, ang bayan ay tinawag itong "mana" (BDB 577 I, [Exodo 16:31] mula sa tanong ng Exodo 16:4, na "Ano ay ito?" Tinawag ito ni Moises na "tinapay mula sa langit," Exodo 16:4). Ito ang natatanging pagtustos ng pagkain sa panahon ng paglalagalag sa ilang. Ito ay inilarawan sa Exodo 16:4, 14-15; 31; Bilang 11:7-8, ngunit ang tiyak nitong sangkap ay di-kilala sa atin (ang BDB ay sinasabing ito ay kilala sa mga Bedouin sa Sinai at ito ay talaga ay isang katas na mula sa isang sanga, ngunit ito ay hindi umaakma sa biblikal na paglalarawan). Ang Diyos ay nagkaloob kung ano ang kanilang pangangailangan sa bawat araw, hindi para sa isang mahabang yugto ng panahon, kaya ang bayan ay natutong magtiwala sa Kaniya para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Ginawa Niya rin ito para din sa mga mananampalataya ng bagong kasunduan (cf. Mateo 6:11).

**105:41 "Kaniyang ibinuka ang bato"** Ang maka-Diyos pagtustos ng tubig ay inuulit nang maraming beses (cf. Exodo 17:1-6; Bilang 20:11; Deuteronomio 8:15; Awit 78:20; 114:8). Ito ay nagiging isang pang-Mesias na simbolo sa 1 taga-Corinto 10:4.

**105:42 "Kaniyang naalala ang Kaniyang banal na salita"** Ito ay tumutukoy sa paunang kasunduan ng Diyos kay Abraham (cf. Awit 105:5-6; Genesis 12-15, lalo na sa Genesis 15:16).

**105:44-45** Ang mga talata ay nagpapakita ng Pananakop ng Canaan sa ilalim ni Josue.

**105:45 "maingatan ang kaniyang mga palatuntunan,
at sundin ang kaniyang mga kautusan"** Ang pagsunod sa inihayag na salita ng Diyos ay napakahalaga. Ang pagsunod ay naghahayag ng puso. Ang kasunduan ay may dalawang aspeto.

1. ang dakilang kapangyarihan at katapatan ni YHWH (cf. Deuteronomio 4:39)
2. ang pananampalataya at pagsunod ng Kaniyang bayan (cf. Deuteronomio 4:40; Awit 25:10; 103:18)
3. YHWH ay matapat (cf. Deuteronomio 7:9), kaya ang Kaniyang mga taga-sunod ay dapat din maging!

▣ **"Purihin ang Panginoon"** Ito sa literal ay "nagpupuri kay *Yah*" (BDB 237 II, KB 248, *Piel* PAUTOS na may *Yah*, BDB 219). Sa Ingles, ito ay isinasalin na "hallelujah." Ang pariralang ito ay isang karaniwang koro sa huling bahagi ng Salmo (i.e., Awit 104:35; 105:45; 106:1,48; 111:1; 112:1; 113:1,9; 116:19; 117:2; 135:1,21; 146:1,10; 147:1; 148:1,14; 149:1,9; 150:1,6). Paanong nararapat!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit hinihikayat tayo ng Bibliya na makilahok sa pangmadla, panglahat na magsamba?
2. Ano ang mga implikasyo ng monoteismo?
3. Ang Diyos ba ang nagpapadala ng pagkagutom? (Awit 105:16)
4. Bakit lubhang mahalaga ang mga gawa ng pag-ibig at pagpapalaya ng Diyos para sa Israel?
5. Ang mga kasunduan ba ng Diyos ay may pasubali o walang pasubali?
6. Bakit ang Awit ay tinatawag na "kasaysayan ng kaligtasan"?

# AWIT 106

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Paghihimasik ng Israel at pagpapalaya ng PANGINOON<br><br>Walang Panimula sa MT | Kaligayahan sa Pagpapatawad ng mga Kasalanan ng Israel | Ang Kuwento ng mga Dakilang Gawa ng Diyos na may Pagpapahayag ng Kasalanan Paghingi ng Tulong | Ang Kabutihan ng PANGINOON sa Kaniyang Bayan | Pambansang Paghayag ng Kasalanan |
| 106:1-3 | 106:1a | 106:1-3 | 106:1-3 | 106:1-2 |
| | 106:1b-3 | | | |
| | | | | 106:3-4b |
| 106:4-5 | 106:4-5 | 106:4-5 | 106:4-5 | 106:4c-5 |
| 106:6-12 | 106:6-7 | 106:6-12 | 106:6-12 | 106:6-7b |
| | | | | 106:7c-8 |
| | 106:8-12 | | | |
| | | | | 106:9-10 |
| | | | | 106:11-12 |
| 106:13-15 | 106:13-15 | 106:13-15 | 106:13-15 | 106:13-14 |
| | | | | 106:15-16 |
| 106:16-18 | 106:16-18 | 106:16-18 | 106:16-18 | |
| | | | | 106:17-18 |
| 106:19-27 | 106:19-23 | 106:19-23 | 106:19-23 | 106:19-20 |
| | | | | 106:21-22 |
| | | | | 106:23 |
| | 106:24-27 | 106:24-27 | 106:24-27 | 106:24-25 |
| | | | | 106:26-27 |
| 106:28-31 | 106:28-31 | 106:28-31 | 106:28-31 | 106:28-29 |
| | | | | 106:30-31 |
| 106:32-33 | 106:32-33 | 106:32-33 | 106:32-33 | 106:32-33 |
| 106:34-39 | 106:34-39 | 106:34-39 | 106:34-39 | 106:34-35 |
| | | | | 106:36-37 |
| | | | | 106:38 |
| | | | | 106:39-40 |
| 106:40-43 | 106:40-43 | 106:40-43 | 106:40-46 | |
| | | | | 106:41-42 |
| | | | | 106:43-44 |
| 106:44-46 | 106:44-46 | 106:44-46 | | |
| | | | | 106:45-46 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 106:47-48 | 106:47 | 106:47 | 106:47 | 106:47 |
| | 106:48a-c | 106:48 | 106:48a-c | 106:48 |
| | 106:48d | | 106:48d | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Kung ang Awit 105 ay isang kasaysayan kaligtasan/pagpapalaya ni YHWH kay Abraham at kaniyang mga supling; samakatuwid ang Awit 106 ay isang kasaysayan ng kanilang nagpapatuloy na paghihimagsik. Si YHWH ay matapat; ang Kaniyang bayan ay walang katapatan!

B. Ang mga aklat ng Exodo, Levitico, Bilang, Deuteronomio, at Mga Hukom ay nakatuon sa malawak na karamihan ng pangkasaysayang mga pagkabanggit. Ito ang talaan nila.
1. Awit 106:7 – Exodo 14:11-12
2. Awit 106:9 – Exodo 14:21
3. Awit 106:10 – Exodo 14:30
4. Awit 106:11 – Exodo 14:28; 15:5
5. Awit 106:12 – Exodo 14:31
6. Awit 106:13 – Exodo 15:24; 16:2; 17:2
7. Awit 106:14 – Exodo 17:2; Bilang 11:4
8. Awit 106:15 – Bilang 11:31
9. Awit 106:16 – Bilang 16:3
10. Awit 106:17 – Bilang 16:32
11. Awit 106:18 – Bilang 16:35
12. Awit 106:19 – Exodo 32:4; Deuteronomio 9:8
13. Awit 106:23 – Exodo 32:10,11-14; Deut. 9:14,25-29
14. Awit 106:24 – Bilang 14:31; Deuteronomio 1:32; 9:23
15. Awit 106:25 – Bilang 14:2; Deuteronomio 1:27
16. Awit 106:26 – Bilang 14:28-35
17. Awit 106:27 – Deuteronomio 4:27
18. Awit 106:28 – Bilang 25:2,3; Deuteronomio 4:3
19. Awit 106:29 – Bilang 25:4
20. Awit 106:30 – Bilang 25:7,8
21. Awit 106:31 – Bilang 25:11-13
22. Awit 106:32 – Bilang 20:2-13
23. Awit 106:33 – Bilang 20:3,10
24. Awit 106:34 – Mga Hukom 1:21,27-36; Deuteronomio 7:2,16
25. Awit 106:35 – Mga Hukom 3:5,6
26. Awit 106:36 – Mga Hukom 2:12
27. Awit 106:37 – Deuteronomio 12:31; 32:17
28. Awit 106:38 – Bilang 35:33; Deuteronomio 18:10
29. Awit 106:39 – Levitico 17:7; 18:24; Bilang 15:39; Hukom 2:17
30. Awit 106:40 – Levitico 26:30; Deuteronomio 32:19; Hukom 2:14
31. Awit 106:41 – Mga Hukom 2:14
32. Awit 106:42 – Mga Hukom 4:3; 10:12
33. Awit 106:43 – Mga Hukom 2:16-18; 6:6
34. Awit 106:44 – Mga Hukom 3:9; 6:7; 10:10
35. Awit 106:45 – Levitico 26:42; Mga Hukom 2:18
36. Awit 106:46 – 2 Cronica 30:9; Ezra 9:9; Nehemiah 1:11

C. Gaya ng palagiang katotohanan sa Salmo, ang pagbabagu-bago sa pagitan ng PANG-ISAHAN at PANGMARAMIHAN ay maaaring maiugnay sa isang pagnugot na nagpapalit ng isang

pansariling awit sa isang panlahat/liturhikong awit.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:1-3**
**1 Purihin ninyo ang Panginoon.**
**Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagkat siya ay mabuti;**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**2 Sinong makapagbabadya ng mga makapangyarihang gawa ng Panginoon,**
**o makapagpapakilala ng buo niyang kapurihan?**
**3 Mapalad silang nangagiingat ng kahatulan,**
**at siyang gumagawa ng katuwiran sa buong panahon.**

**106:1-3** Ang unang istropa ay may dalawang mga paksa.

1. paglalarawan kay YHWH
   a. Siya ay mabuti (BDB 373 II, cf. 2 Cronica 5:13; 7:3; Awit 25:8; 86:5; 100:5; 107:1; 118:1,29; 145:9)
   b. Kaniyang kagandahang-loob (tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*]) at Natatanging Paksa: Magpakailanman [*'olam*])
2. paglalarawan ng Kaniyang mga tunay na taga-sunod
   a. sila ay nagpapahayag ng Kaniyang makapangyarihang mga gawa
   b. sila ay nagpupuri sa Kaniya
   c. sila ay nagpapanatili ng katarungan (tingnan ang Natatanging Paksa: Hukom, Katarungan, at Kahatulan)
   d. sila (tingnan ang LXX, Peshitta, Vulgata, MT, "siya") ay nagpapatupad ng katuwiran (tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran)

Ang paglalarawang ito ay napakahalaga dahil ang susunod ay inuulit na pangkasaysayang pagkabanggit sa kawalang katapatan ng Israel.

**106:1** Ang Awit ay nagsimula at nagtapos sa mga utos ng pagpuri.

1. purihin – BDB 237, KB 248, *Piel* PAUTOS, Awit 106:1, cf. 107:1; 118:1,29; 136:1
2. mangagpasalamat (sa literal ay magpuri) – BDB 392, KB 389, *Hiphil* PAUTOS, Awit 106:1, cf. 1 Cronica 16:41
3. purihin – katulad sa #1, Awit 106:48

Ang mga matatapat na taga-sunod ay nagpupuri sa Kaniya sa kung paano sila nagpapahayag sa Kaniya at paano sila namumuhay na tulad Niya! Pinagpala ang taong sumusunod sa Panginoon (cf. Awit 1).

**106:2 "mga makapangyarihang gawa"** Ito ay tumutukoy sa mga gawa ng pagpapalaya at pagtutustos ni YHWH. Ang paksang ito ay nagpatuloy mula sa Awit 105 (tingnan ang buong tala sa pitong pagkakataon sa Awit 105 sa mga talata ng 105:1-7).

1. makapangyarihang mga gawa, Awit 106:2 – BDB 150, cf. Deuteronomio 3:24; Awit 20:6; 71:16; 145:4,12; 150:2; Isaias 63:15
2. mga kababalaghan, Awit 106:7 – BDB 810 (tingnan ang tala sa Awit 105:1-7)
3. mga gawa, Awit 106:13 – BDB 795, cf. Josue 24:31; Awit 33:4; 93:5
4. mga dakilang bagay, Awit 106:21 – BDB 152, i.e., lalo na sa Ehipto, cf. Deuteronomio 10:21; dtio; ngunit gayundin ang ibang mga gawa ni YHWH sa Job 5:9; 9:10; 37:5; Awit 71:19; 126:2
5. mga kagilagilalas na mga gawa, Awit 106:22 – katulad ng sa #2
6. mga kamangha-mangha (sa literal ay "mga nakakakilabot na bagay" ), Awit 106:22 – BDB 431, KB 432, *Niphal* PANDIWARI, cf. Deuteronomio 10:21; 2 Samuel 7:23; 1 Cronica

17:21; Awit 66:3; 145:6; Isaias 64:3

**106:3 "sa buong panahon"** Ito ay isang napakahalagang aspeto sa pagiging disipulo. Ang maka-Diyos na pamumuhay ay isang tungkulin sa lahat ng panahon! Ngayon, tandaan na ito ay isang OT na kalagayan. Ito ay nagpapakilala ng "dalawang paraan" ng Deuteronomio 30:15,19; Awit 1. Ang sipi sa taga-Galacia 3:10-12 ay naglalarawan ng OT kasunduan na batay sa pagtupad. Kahit na ang mga mananampalataya sa NT ms hindi na sa ilalim ng OT (cf. Mga Gawa 15), na minsan nating makilala ang Diyos kay Kristo, tayo nabubuhay na para sa Kaniya "sa buong panahon." Ginagawa natin ito, hindi upang matanggap ngunit dahil tayo naging katatanggap-tanggap na! Ang tunguhin ng biblikal na pananampalataya ay hindi langit balang-araw, ngunit pagiging-katulad ni Kristo araw-araw (cf. taga-Roma 8:28-29; 2 taga-Corinto 3:18; 7:1; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 2:10; 4:13; 1 taga-Thesalonica 3:13; 4:3,7; 5:23; 1 Pedro 1:15)!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:4-5**

**4 Alalahanin mo ako, Oh Panginoon, ng lingap na iyong ipinagkaloob sa iyong bayan;**
**Oh dalawin mo ako ng iyong pagliligtas:**
**5 Upang makita ko ang kaginhawahan ng iyong hirang,**
**upang ako ay magalak sa kasayahan ng iyong bansa,**
**upang ako ay lumuwalhati na kasama ng iyong mana.**

**106:4-5** Ang istropang ito ay nagsimula sadalawang MGA PAUTOS na ginamit bilang isang panalangin.

1. alalahanin ako – BDB 269, KB 269, *Qal* PAUTOS
2. dalawin ako (sa literal ay "tulungan") – BDB 823, KB 955, *Qal* PAUTOS

Ang LXX, Peshitta, at Vulgata ay maryong "tayo" sa halip na "ako."

Ang mga talatang ay tila nagpapakillala ng isang tao sa pagkakatapon (cf. Awit 106:47, i.e., dahil sa lahat ng mga kasalanan ng Kaniyang kasunduang bayan, 106:6), na nanalanging na mabuhay nang sapat na panahon upang maranasan pagpapanumbalik ni YHWH sa Kaniyang bayan. Binabanggit niya ang maraming mga parirala na nagtuturo sa mahabaging kasunduan ni YHWH (i.e., alalahanin).

1. Iyong paglinggap – Awit 106:4
2. Iyong mga hirap – Awit 106:5
3. Iyong bansa – Awit 106:5
4. Iyong mana – Awit 106:5

**106:5** Pansinin ang tatlong PAWATAS NA MGA KAYARIAN.

1. upang makita ko – BDB 906, KB 1157, *Qal*
2. upang ako ay magalak – BDB 970, KB 1333, *Qal*
3. upang ako ay lumuwalhati – BDB 237, KB 248, *Hithpael*

Pansinin na ang lahat ng tatlo ay mayroong isang panlahat na pagtuon.

1. Iyong hirang
2. Iyong bansa
3. Iyong mana

Mag-ingat sa isang pangtangi, pansariling pagbibigay-diin na kaugnay sa kaligtasan. Tayo ay naligtas upang paglingkuran ang pamilya ng Diyos/ang katawan ni Kristo. Ang labis-labis na pagtuon sa pansarili ay nagbubukas ng espiritwal na pinto sa mga kasalanan ng Eden (Genesis 3).

▣ **"Iyong bansa"** Ang Hebreong salita na isinaling "bansa" (BDB 156) ay kadalasang isang negatibong terminong tumutukoy sa mga Hentil (i.e., Awit 2:1,8; 9:5,15,17,19,20) ngunit ay maaaring gamitin sa Israel, tulad dito (cf. Genesis 12:2; Deuteronomio 4:6-8; Awit 33:12; Isaias 26:2; Jeremias 31:36).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:6-12**

[6]**Kami ay nangagkasala na kasama ng aming mga magulang,**
**kami ay nangakagawa ng kasamaan, kami ay nagsigawa ng masama.**
[7]**Hindi naunawa ng aming mga magulang ang iyong mga kababalaghan sa Ehipto;**
**hindi nila inalaala ang karamihan ng iyong mga kagandahang-loob, kundi naging mapanghimagsik sa dagat, sa makatuwid baga'y sa Dagat na Mapula.**
[8]**Gayon man ay iniligtas niya sila dahil sa kaniyang pangalan,**
**upang kaniyang maipabatid ang kaniyang matibay na kapangyarihan.**
[9]**Kaniyang sinaway naman ang Dagat na Mapula, at natuyo:**
**sa gayon ay pinatnubayan niya sila sa mga kalaliman, na parang ilang.**
[10]**At iniligtas niya sila sa kamay ng nangagtatanim sa kanila,**
**at tinubos niya sila sa kamay ng kaaway.**
[11]**At tinabunan ng tubig ang kanilang mga kaaway:**
**walang nalabi sa kanila kahit isa.**
[12]**Nang magkagayo'y sinampalatayanan nila ang kaniyang mga salita;**
**inawit nila ang kaniyang kapurihan.**

**106:6-12** Ang istropang ito ay tumutuon sa Exodo.

1. ang kasalukuyang bayan ng Diyos (Awit 106:6)
   a. sila ay nagkasala na kasama ng kanilang mga magulang (GANAP)
   b. sila ay nakagawa ng kasamaan (GANAP)
   c. sila ay nagsigawa nang masama (GANAP)
2. aming mga magulang (Awit 106:7, cf. Levitico 26:40; Nehemiah 9:32-34; Jeremias 3:25; Daniel 9:8,16)
   a. hindi naunawaan ang Iyong kababalaghan
   b. hindi inalala ang karamihan ng Iyong mga kagandahang-loob (cf. Mga Hukom 8:34; Nehemiah 9:17; Awit 78:42)
   c. nagsihimagsik sa dagat
3. Gayunpaman, si YHWH kumilos pa rin (Awit 106:8-11) sa kanilang kapakanan
   a. iniligtas Niya siya
   b. ipinabatid Niya ang Kaniyang kapangyarihan (i.e., inihayag ang Kaniyang katangian sa Kaniyang mga gawa, cf. Awit 98:2; 103:7)
   c. Kaniyang sinaway ang Dagat na Mapula (para sa di-karaniwang PANDIWA na ito, tingnan ang Awit 104:7)
   d. pinatnubayan Niya sila
   e. iniligtas Niya sila
   f. tinubos Niya sila
4. pagkatapos ng lahat mga gawa ni YHWH, sila ay hindi nanampalataya (cf. Exodo 14:31; tingnan ang Natatanging Paksa: Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT) at nagpupuri sa Kaniya (Awit 106:12)

Ang ilang mga iskolar ay tinitingnan ang talatang ito bilang pagpapakila ng isang pambansang pagpapahayag ng kasalanan sa panahon ng kapistahan sa templo. Ang pagsamo para sa kapatawaran ay sa Awit 106:47 at ang pagtitiwala sa biyaya ni YHWH sa Awit 106:48.

**106:7 "sa dagat"** Mayroong tila isang pag-uulit sa MT. Maraming makabagong mga salin (NRSV, NJB, NAB) ay ginagamit ang mga katinig mula sa "sa dagat" at sinasama sila sa isang pangalan para kay YHWH (cf. Awit 78:17,56; Daniel 7:18,22,25) upang makuha ang isang titulo para sa Diyos.

1. Kataastaasan – NRSV, NJB, NAB
2. Makapangyarihan – TEV

▣ **"ang Dagat na Mapula"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Dagat na Mapula

**106:8** Ang talatang ito ay tumutuon sa mas malawak na pangkatubusang layunin ni YHWH sa Exodo (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH). Siya ay nagnais sa mga bansa

1. na matakot sa Israel
2. na makilala Siya

Ang suliranin ay hindi kailanman lubusang pinanatili ng Israel ang kasunduan (cf. Awit 106:6-7). Ang mga bansa tumanggap ng isang baluktot na kapahayagan (cf. Ezekiel 36:22-23), kaya si YHWH ay nangailangang gumawa ng isang bagong paraan (i.e., isang bagong kasunduan, cf. Jeremias 31:32-34 upang abutin sila. Inihayag Niya ang Kaniyang sarili (cf. Ezekiel 36:23-32).

**106:10 "tinubos"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Panubos/Pagtubos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:13-15**
**13 Nilimot nilang madali ang kaniyang mga gawa;**
**hindi sila naghintay sa kaniyang payo:**
**14 Kundi nagnais ng di kawasa sa ilang,**
**at tinukso ang Diyos sa ilang.**
**15 At binigyan niya sila ng kanilang hiling;**
**ngunit pinangayayat ang kanilang kaluluwa.**

**106:13-15** Ang istropang ito, sa teolohiya, ay nakabigkis sa nauna (Awit 106:6-12). Ang pagsisisi, pagtatapat, at pananampalataya ay hindi nagtagal.

Ang mga pangbalangkas na katangian ng Awit 106:6-12 ay inuulit.

1. kanilang mga gawa, Awit 106:13-14
   a. nilimot nilang madali (kadalasang isang babala, cf. Deuteronomio 4:9; 6:12; 8:14; Awit 103:2) ang Kaniyang salita (cf. Awit 106:24)
   b. hindi sila naghintay sa Kaniyang payo
   c. sila ay nagnais nang labis (Bilang 11:4)
2. tugon ni YHWH
   a. binigyan Niya sila ang kanilang mga masamang hangarin (i.e., pagkain, cf. Bilang 11:4-6,31; Awit 78:29-31; tingnan din ang taga-Roma 1:24,26,28)
   b. pinangayayat ang kanilang kaluluwa (cf. Bilang 11:33; tingnan ang isang mabuting maiksing pagtalakay ni Gleason Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties*, p. 136)

**106:14 "at tinukso ang Diyos sa ilang"** Ang PANDIWA (BDB 650, KB 702, *Piel* DI-GANAP na may *waw*) ay ginamit upang ilarawan ang di-pananampalataya ng Israel sa panahon ng exodo at paglalagalag na yugto (i.e., sa ilang). Ang di-pananampalatayang ito ay nahayag sa kanilang mga pagsalakay sa pangkat pampamunuan ni YHWH (i.e., Moises at Aaron, cf. Exodo 5:21; 14:11; 15:24; 16:2; 17:2,3; 32:1; Bilang 11:1,4; 14:1,2; 21:5; Awit 106:16). Ito mismo ang PANDIWA na ginamit sa Exodo 17:2,7; Bilang 14:22; Deuteronomio 6:16; 33:8; Awit 78:18,41,56; 95:9.

Ito ay nakakawiling tandaan na maraming beses na ang PANDIWA na ito ay ginamit ng Diyos sa pagsubok sa Kaniyang bayan (cf. Genesis 22:1; Exodo 15:25; 16:4; 20:20; Deuteronomio 8:2,16; 13:3; Mga Hukom 2:22; 3:1,4; tingnan ang Natatanging Paksa: Sinusubok ng Diyos ang Kaniyang Bayan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:16-18**
**16 Kanilang pinanaghilian naman si Moises sa kampamento,**
**at si Aaron na banal ng Panginoon.**
**17 Ang lupa ay bumuka, at nilamon si Dathan,**

**at tinakpan ang pulutong ni Abiram.**
**18At apoy ay nagningas sa kanilang pulutong;**
**sinunog ng liyab ang mga masama,**

**106:16-18** Ang istropang ito ay nagpapakilala ng Bilang 16, ang yugto ng paglalagalag sa ilang.

**106:16 "ang banal ng Panginoon"** Ito ay tumutukoy kay Aaron bilang Punong Saserdote. Mayroong isang pinagtatalunan sa Bilang 16 sa kung sino ang totoong pinuno ng Israel (cf. Bilang 16:1-7). Ang natatanging kabanalan ni Aaron na kaugnay sa pagiging Punong Saserdote ay makikita sa kaniyang kasuotan na inilalarawan sa Exodo 28, lalo na sa talata 36.

**106:18 "apoy"** Mayroong maraming lugar sa Bilang kung saan ang apoy ay ginamit para sa kahatulan.

1. sina Nadab at Abihu – pinatay sa apoy para sa paghahain ng "di-kilalang apoy," Bilang 3:4; 26:61
2. ang apoy ni YHWH sa mga nagrereklamanong Israelita – Bilang 11:1-3
3. ang paghihimagsik ni Korah – Bilang 16:35; 26:10

Sa Exodo 24:17 at Deuteronomio 4:24, ang kaluwalhatian ng Panginoon ay inilarawan bilang isang lumalamong apoy (tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy). Ito ay nagpapakilala ng *Shekinah* na ulap ng kaluwalhatian na namuno at nagtanggol ng mga Israelita.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:19-27**
**19Sila'y nagsigawa ng guya sa Horeb,**
**at nagsisamba sa larawang binubo.**
**20Ganito nila pinapagbago ang kanilang kaluwalhatian**
**sa wangis ng baka na kumakain ng damo.**
**21Nilimot nila ang Diyos na kanilang tagapagligtas,**
**na gumawa ng mga dakilang bagay sa Ehipto;**
**22Kagilagilalas na mga gawa sa lupain ng Cham,**
**at kakilakilabot na mga bagay sa Dagat na Mapula.**
**23Kaya't sinabi niya, na kaniyang lilipulin sila,**
**kung si Moises na kaniyang hirang ay hindi humarap sa kaniya sa bitak,**
**upang pawiin ang kaniyang poot, upang huwag niyang lipulin sila.**
**24Oo, kanilang hinamak ang maligayang lupain,**
**hindi nila sinampalatayanan ang kaniyang salita;**
**25Kundi nangagsiungol sa kanilang mga tolda,**
**at hindi nangakinig sa tinig ng Panginoon.**
**26Kaya't kaniyang isinumpa sa kanila,**
**na kaniyang ibubulid sila sa ilang:**
**27At kaniyang ibubulid ang kanilang binhi sa mga bansa,**
**at pangalatin sila sa mga lupain.**

**106:19-27** Ang istropang ito ay nagpapakilala sa Exodo 32 at Bilang 14.

**106:19 "nagsigawa ng guya"** Ang guya ay nilayon na maging isang pisikal na paglalarawan ni YHWH (cf. Exodo 32:8; pansinin ang dalawang ginintuang baka o guya ni Jeroboam I sa Dan at Bethel). Ito ay ginawa mula sa ilang mga ginto na ibinigay sa mga Israelita ng mga taga-Ehipto. Ngunit, ito rin ay nagpapaalala sa mga Israelita ng isang diyos ng pagpapayabong ng Ehipto (cf. Exodo 32:6,19).

Ang guya ay ginamit rin bilang isang simbolo sa pagpapayabong pagsamba ng Cananeo para kina *El* at *Ba'al* (i.e., mga teksto ng Ras Shamra).

▣ **"Horeb"** Ang Hebreong ugat na ito (BDB 352, KB 349) ay nangangahulugang "basura" o "disyerto." Ang terminong ito ay ginamit nang pinakamadalas sa Deuteronomio para sa "bundok kung saan tinagpo ni YHWH ang Israel." Sa Exodo at Bilang, ito ay tinawag na "Sinai" (BDB 696), na isang di-Hebreong salita. Ito ay maaaring maugnay sa "Ilang ng Kasalanan" (BDB 95, cf. Exodo 16:1; 17:1; Bilang 233:11,12). Ang termino ay kadalasang ikinakabit isang maliit na palumpong sa disyerto.

**NATATANGING PAKSA: ANG KINAROROONAN NG BUNDOK SINAI (SPECIAL TOPIC: THE LOCATION OF MT. SINAI)**

**106:20** Ano isang nakakagulat na talata! Ang sariling bayan ng Diyos ay tinalikuran ang isang tunay na Diyos para sa isang diyus-diyosan (cf. Jeremias 2:11-13; gaya ng lahat ng mga tao, taga-Roma 1:21-23)!

**106:22 "sa lupain ng Cham"** Si Ham (BDB 325 I) ay isa sa mga anak ni Noah. Siya ang ama ng maraming mga bansa (Genesis 10).

1. Ehipto (Mizraim), cf. Awit 78:51; 105:23,27
2. Canaan

**106:23** Inihayag ni YHWH kay Moises na Kaniyang papatayin sila at magsimula ulit sa kaniya, gaya ng Kaniyang ginawa kay Abraham (cf. Exodo 32:10).

Si Moises ay namagitan kay YHWH para sa kapakanan ng Israel (cf. Exodo 32:11-13). Sa aking palagay, ito ay isang pagsubok para sa pagpapalakas ni Moises. Binago ni YHWH ang Kaniyang isipan (cf. Exodo 32:14) at tumugon sa panalangin ni Moises. Tingnan ang Natatanging Paksa: Panalanging Namamagitan.

**106:24** Maraming pagkakataon na tinanggihan ng Israel na maniwala kay YHWH tungkol sa Kaniyang pagkakaloob sa kanila ng lupain ng Canaan (cf. Bilang 14:1-3,31; 20:3-4; Deuteronomio 9:23; Ezekiel 20:5-8).

▣ **"kaniyang isinumpa sa kanila"** Ang PANDIWA (BDB 669, KB 724, *Qal* DI-GANAP na may *waw*) sa literal ay nangangahulugang "itaas" (i.e., ang kamay sa isang kumpas upang mangako sa isang panunumpa), pangako ni YHWH sa Genesis 15:18. Ito ay binanggit sa Exodo 6:8; Bilang 14:30; Nehemiah 9:15.

**106:27** Ang dalawang MGA PANDIWA ay tumukoy sa pagkakatapon.

1. ibubulid (sa literal ay "magdulot ng pagkahulog") – BDB 656, KB 709, *Hiphil* PAWATAS NA KAYARIAN, cf. Awit 106:26b
2. pangalatin – BDB 279, KB 280, *Piel* PAWATAS NA KAYARIAN

Ito ay isang maagang babala laban sa pagsuway sa kasunduan, cf. Levitico 26:33; Deuteronomio 4:27; 28:64; 29:28; Awit 44:11; Ezekiel 20:23. Gaya ng pagpapalabas ni YHWH sa mga tribo ng Cananeo dahil sa kanilang mga kasalanan (cf. Genesis 15:12-21), ngayon sa walang kinikilingang kahatulan, gayundin ang ginawa Niya sa Israel! Ang kasalanan ay may mga kahihinatnan!

Isa pang kaisipan tungkol sa pagkakatapon. Kahit na ito ay napakasakit at nakakahiya, ito ay nagpadali ng pagpapalaganap ng mensahe ni YHWH tungkol sa Kaniyang sarili. Ang suliranin ay nagpatuloy ang Israel sa pagbibigay ng maling mensahe (cf. Ezekiel 36:22- 23).

Ang "bagong kasunduan" ng Jeremias 31:31-34 ay tutuon sa paghahayag ni YHWH sa Kaniyang sarili sa pamamagitan ng Kaniyang mga mapagbiyayang mga gawa sa mapaghimagsik na Israel (cf. Ezekiel 36:24-38).

| |
|---|
| **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:28-31**<br>**28 Sila'y nangakilakip naman sa diosdiosang Baal-peor,**<br>**at nagsikain ng mga hain sa mga patay.**<br>**29 Ganito minungkahi nila siya sa galit ng kanilang mga gawa;**<br>**at ang salot ay lumitaw sa kanila.**<br>**30 Nang magkagayo'y tumayo si Phinees,**<br>**at gumawa ng kahatulan: at sa gayon ay tumigil ang salot.**<br>**31 At nabilang sa kaniya na katuwiran,**<br>**sa lahat ng sali't saling lahi magpakailan man.** |

**106:28-31** Ang istropang ito ay maiuugnay sa Bilang 25. Ang Israel ay nasangkot sa pagpapayabong na pagsamba ng Moab. Ang pagsamba sa diyus-diyosan ay isang pangunahing suliranin sa kasaysayan ng Israel. Aking isinama ang aking mga tala mula sa Deuteronomio 18:10-11. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapayabong sa Pagsamba ng ANE.

**Deuteronomio 18:10-11** Mayroong isang kalipunan ng MGA PANDIWARI, na nagpapakilala ng pagsamba sa diyus-diyusan ng mga Cananeo:

1. NASB, "sinomang nagpaparaan sa apoy ng kaniyang anak na lalaki o babae" – BDB 716, KB 778, *Hiphil* PANDIWARI
2. NASB, "isa na gumagamit ng panghuhula" – BDB 890, KB 1115, *Qal* PANDIWARI (gumagamit ng kapwa PANDIWA at PANGNGALAN)
   NKJV, NET, "*isa* na may kasanayan sa pangkukulam"
   NRSV, NJB, NIV, "may kasanayan sa panghuhula"
   JPSOA, "isang awgur"
3. NASB, "nagmamasid ng mga pamahiin" – BDB 778 II KB 857, *Poel* PANDIWARI
   NKJV, NRSV, NJB, JPSOA, "isang manghuhula"
   NIV, "pangkukulam"
   NET, "isang tagabasa ng pangitain"
4. NASB, NKJV, NIV, "enkantador" – BDB 638 II, KB 690, *Piel* PANDIWARI
   NRSV, NJB, "isang augur"
   JPSOA, "isang manghuhula"
   NET, "isang nanghuhula"
5. NASB, NKJV, NRSV, NJB, JPSOA, NET, "manggagaway" – BDB 506, KB 503, *Piel* PANDIWARI
   NIV, "nagsasawa ng pangkukulam"
6. NASB, "enkantador ng mga ahas" – BDB 287, KB 287, *Qal* PANDIWARI (gumagamit ng PANDIWA at PANGNGALAN)
   NKJV, "isang nagsasalamangka ng mga gayuma"
   NRSV, JPSOA, NIV, NET, "isang gumagawa ng mga gayuma"
   NJB, "naghahabi ng mga gayuma"
7. NASB, NKJV, "nakikipagsanggunian" (i.e., mga masamang espiritu) – BDB 981, KB 1371, *Qal* PANDIWARI
   NRSV, JPSOA, "nangungusap sa mga kaluluwa"
   NJB, "nakikipag-usap sa mga kaluluwa"
   NIV, "espiritu"
   NET, "isang nananawagan sa mga espiritu"
8. NASB, NKJV, NIV, "sumasangguni" [ipinagpapalagay] (i.e., isang espiritista) – BDB 981, KB 1371, *Qal* PANDIWARI (ipinagpapalagay)
   NRSV, "sumasangguni sa mga kaluluwa"
   NJB, "mga espiritu"
   JPSOA, "kilalang mga espiritu"

NET, "isang may kasanayan sa okulto"
9. NASB, NKJV, "sumasangguni sa mga patay"
    a. BDB 205, KB 233, *Qal* PANDIWARI
    b. BDB 559, KB 562, *Qal* PANDIWARI
    NRSV, "isang naghahanap ng mga orakulo sa mga patay"
    NJB, NET, "nigromante"
    JPSOA, "isang kumakausap sa mga patay"
    NIV, "isang sumasangguni sa mga patay"

Gaya nang nakikita niyo mula sa mga magkakaibang salin sa Ingles translations, ang mga salitang ito ay may ilang pagpapatong. Ang mga terminong ito ay tila tumutukoy sa iba't-ibang mga uri ng kasanayan sa paganong pagsamba, ngunit ang kanilang tamang mga kahulugan ay di-tiyak sa mga makabagong mag-aaral ng Bibliya. Tingnan ang isang maikling pagtalakay sa (1) *Dictionary of Biblical Imagery*, pp. 524-528 at 608-610 at gayundin sa *Synonyms of the Old Testament* ni Robert B. Girdlestone, pp. 296-302. Ang pagkalahatang larawan isang pagtatangkang malaman at patakbuhin ang hinaharap para sa pansariling pakinabang. Ang bayan ni YHWH ay kailangang pagkatiwalaan Siya at paglingkuran Siya. Ang lumang orihinal na kasalanan ng "ako muna" ay ang ugat ng lahat mga suliranin ng sangkatauhan!

**18:10 "sinomang nagpaparaan sa apoy ng kaniyang anak na lalake o babae"** Ito ay isang sanggunian sa pagsamba ng diyos ng pagpapayabong, si *Molech*. Sa Israel ang panganay (cf. Exodo 13) ay ipagkakaloob kay YHWH upang paglingkuran Siya. Sa Canaan, ang panganay ay kailangang ihandog sa pamamagitan ng apoy kay *Molech* upang matiyak ang pagpaparami ng lahi (cf. Deuteronomio 12:31; Levitico 18:21). Mayroon ngang isang tala sa II Mga Hari 21:6 kung saan ang bayan ng Diyos ay sumamba sa bulaang diyos na ito! Ito rin ay maaaring kahit papaano ay nag-uugnay sa pagkaalam ng hinaharap (cf. II Mga Hari 3:26:27). Tingnan ang Natatanging Paksa: *Molech*.

▣ **"nanghuhula"** Ito ay galing sa Hebreong ugat para sa "pagka-Diyos" (BDB 890, cf. Bilang 22:7; 23:23; Ezekiel 21:21; II Mga Hari 17:17). Ito ay ang pangkalahatang terminong naglalarawan sa maraming iba't-ibang mga paraan, ngunit lahat ay sa nais ma malaman ang kalooban ng isang diyos sa pamamagitan ng mekaniko o natural na mga paraan, tulad ng pagsisiyasat sa mga atay ng tupa o pagpukol ng mga palaso. Ito ay nakabatay sa paganong pananaw sa mundo na mayroong kaalaman patungkol sa hinaharap na nakatago sa mga likas na pangyayari at ng mga may kakahayang tao (i.e., bulaan mga propeta, e.g., Jeremias 27:9; 29:8; Ezekiel 13:9; 22:28) na nakakaalam nito at nakakapagpabago ng hinaharap.

▣ **"nagmamasid ng mga pamahiin"** Ang terminong ito (BDB 778 II, KB 857) ay nauugnay sa terminong "ulap" (BDB 777). Ang mga lingwistiko ay iniisip na ang terminong ay nauugnay sa tunog:

1. ang ugong ng mga insekto
2. tunog ng hangin sa mga puno
3. di-kilalang etimolohiya (kung ulap, samakatuwid ay nauugnay sa pagtingin)

Ang magkatulad na talata sa mga sulat ni Moises na nagbabawal sa mga kagayang paganong kasanayan ay nasa Levitico 19:26-20:8 (tingnan lalo na sa 19:26). Ang katulad na terminong ito ay matatagpuan din sa Mga Hukom 9:37; II Mga Hari 21:6; II Cronica 33:6; Isaias 2:6; 57:3; Jeremias 27:9; Mikas 5:12.

▣ **"mga enkantador"** Ang kahulugan ng terminong ito (BDB 638 II, KB 690) ay di-tiyak. Sa Syria, ito ay nangangahulugang "bumulong-bulong ng isang malabong bulong" (KB 690). Ang ugat ay may maraming pinaggagamitan:

1. serpente (ahat) – BDB 638 I
2. PANDIWA sa *Piel* lamang, (BDB 638 II) ay nangangahulugang:
   a. Kasanayan sa panghuhula
   b. Pagpansin sa mga tanda/mga babala
3. tanso - bronse, BDB 638 III
4. di-kilala – BDB 638 IV

▣ **"isang manggagaway"** Ang terminong ito (BDB 506, KB 503) sa karaniwan ay nangangahulugang "putulin paitaas" (1) tulad ng paggugutay ng mga sangkap para sa isang mahiwagang gayuma o (2) pagsusugat sa sarili bilang isang paraan ng pagkuha ng pansin ng isang diyos (i.e., Syrianong pagkagamit, cf. I Mga Hari 18:28). Ang terminong ito ay ginamit upang ilarawan ang mga pantas na lalaki ni Faraon sa Exodo 7:11 at mga pantas na lalaki ni Nebuchadnezzar sa Daniel 2:2.

**18:11 "enkantador ng mga ahas"** Ito sa literal ay "magbuhol ng tali," "umanib sa," o "pagtugtungin" (BDB 287, KB 287). Sa Mga Awit 58:5 at Ecclesiastes 10:11 ito ay tumutukoy pagpapaakit sa mga ahas. Ang isang bahagyang iba't-ibang pagsasa-tinig ay naglalarawan ng isang bulaang bulaang pantas na lalaki ng Babilonya sa Isaias 47:8-11.

▣ **"mga masamang espiritu"** Ang karaniwang kahulugan ng PANDIWARI (BDB 981, KB 1371) ay "magtanong" o "magsiyasat." Dito ay upang magsiyasat sa nasasakupan ng espiritu (e.g., YHWH, Josue 9:14 o mga diyus-diyosan, Osea 4:12).

Ang unang PANGNGALANG, "pakikipagsangguni" (BDB 15) ay isang terminong na mahirap bigyang kahulugan. Ang ilan ay tinitingnan ang ang terminong ito gaya ng pagkagamit nito sa Levitico 19:31; 20:6,27 bilang (1) isang hukay o libingan kung saan mga espiritu ay naaakit, (2) anyo ng "ama" na tumutukoy sa pagsamba mga ninuno. Ito ay isinasalin ng LXX sa Isaias 8:19 as "nagsisibulong." Dahila dito at Isaias 29:4, ang ilang ay nag-iisip na ito ay nangangahulugang "humuhuni" o "umuungol." Ito ay maaaring nagpapahiwatig na "magsalita ng iba't-ibang tinig." Gayunman, mula sa I Samuel 28:7-9, ito ay nauugnay sa kakayahan na tumawag o magsalita sa kaninuman sa lupa o makipag-usap sa mga patay o mga espiritu sa ilalim ng mundo, i.e., nigromante.

Ang pangalawang PANGNGALAN, "espiritista" (BDB 396) ay isang anyo ng Hebreong salita "makaalam" (BDB 395). Ito ay tumutukoy sa isa na may kaalaman sa espritwal na mundo o may pakikitungo sa kanilang nasa espritwal na na mundo na mayroong kaalaman (cf. Isaias 8:19; 19:3).

▣ **"sumasangguni sa mga patay"** Ang pariralang ito ay isang pagsasama ng dalawang *Qal* MGA PANDIWARI (BDB 205, KB 233, "magtanong" at BDB 559, KB 562, "ang mga patay"). Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa mga sumasangguni at "mga espiristista." Ang mga piling tao, na ipinagpapalagay na may kakayahan, ang mga tao ay sumasangguni sa patay para sa kaalaman patungkol sa ang hinaharap at ang kapangyarihan na makakaapekto nito.

Ang lahat ng sinaunang mga kultura ay naniniwala sa isang susunod na buhay. Para sa marami sa sinaunang Near East ay may dalawang posibilidad:

1. ang pagsamba sa mga ninuno kung saan ang mga espiritu ng mga miyembro ng pamilya ay maaaring makaapekto sa kasalukuyan at hinaharap
2. ang kapangyarihan ng pisikal (mga bituin, mga pwersa ng kalikasan) o espritwal (mga demonyo, mga kalahating diyos) may magamit upang malaman at makaapekto sa mga pansariling tadhana

**Awit 106:28 "at nagsikain ng mga hain sa mga patay"** Ang MT ay walang PANDIWA na "hain." "Ang patay" (BDB 559, *Qal*, #1,d) ay isang *Qal* TAHAS NA PANDIWARI, na maaaring tumukoy sa di-

pag-iral ng mga paganong diyus-diyosan (cf. Bilang 25:2), hindi mga namatay na tao (cf. Deuteronomio 26:14). Ang TEV, NJB, at REB ay isinalin ito.

TEV – "mga patay na diyus-diyosan"
NJB – "mga walang-buhay na diyus-diyosan"
REB – "mga walang-buhay na diyus-diyosan"

**106:29 "kanilang mga gawa"** Ang isa ay nagtataka kung mayroong pakay sa paghahambing ng

1. ang mga gawa ng mga Israelitang sumasamba sa diyus-diyosan, Awit 106:29,39
2. ang mga gawa ni YHWH, Awit 106:2,7,13,21-22

Anong pagkakaiba!

**106:31 "At nabilang sa kaniya na katuwiran"** Ito ang eksaktong parirala na ginamit sa pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya ni Abraham sa Genesis 15:6, na sinipi ni Pablo sa taga-Roma 4:3; taga-Galacia 3:6. Ang pagkakaiba lamang ay sa PANDIWA dito (BDB 362, KB 359, *Niphal* DI-GANAP) at (*Qal* DI-GANAP) ang makadiwang aspeto doon. Tingnan ang buong mga tala sa Genesis 15:6 sa internet, www.freebiblecommentary.org.

Ang pagkilos ng saserdoteng si Phinehas ay inilarawan sa Bilang 25:11-13. Ang kaniyang mga pagkilos, tulad ng kay Abraham, ay nagpapakilala sa kaniyang pananampalataya kay YHWH.

**106:31 "sa lahat ng sali't saling lahi magpakailan man"** Ang mga pagkilos ni Phinehas ay isang halimbawa ng isang totoong matapat na tagasunod. Ang patotoong ito ay napanatili at nagpapatuloy na magpahayag ng kaniyang pananampalataya/katapatan.

Kung paano tayo mamuhay ay nakakaimpluwensiya sa mga tao bago pa man tayo mamatay!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:32-33**
**32 Kanilang ginalit din siya sa tubig ng Meriba,**
**na anopa't naging masama kay Moises dahil sa kanila:**
**33 Sapagka't sila ay mapanghimagsik laban sa kaniyang Diwa,**
**at siya ay nagsalita ng walang pakundangan ng kaniyang mga labi.**

**106:32-33** Ang istropang ito ay nagpapakilala ng mga pangyayari ng Bilang 20. Ang mga Israelita ay nagalit kay Moises sa pamamagitan ng kanilang mga salita sa Meribah at siya ay lubhang naapektuhan (cf. Bilang 20:12; 27:14; Deuteronomio 1:37; 3:26-27; 34:4). Diyos ay hindi nagtatangi ng mga tao; ang pagsuway ay may mga kahihinatnan (cf. taga-Galacia 6:7, tingnan ang buong tala sa internet).

**106:33 "Kaniyang diwa"** Ang NASB ay sinulat sa malaking titik ang "Diwa" (BDB 924), na nagpapahiwatig ng espiritu ni YHWH, ngunit ang konteksto ay maliwanag na tumutukoy sa espiritu ni Moises (i.e., buhay pwersa). Sa Awit 106:33b ang kaagapay na hanay, "Siya" ay tumutukoy kay Moises.

Ito ay maaaring isang isyu ng kalabuah dahil ang Espiritu ng Diyos ay na kay Moises (cf. Bilang 11:17; Nehemiah 9:20), sa Israel (cf. Bilang 24:3), at kapwa (cf. Isaias 63:10-14).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:34-39**
**34 Hindi nila nilipol ang mga bayan,**
**gaya ng iniutos ng Panginoon sa kanila;**
**35 Kundi nangakihalo sa mga bansa,**
**at nangatuto ng kanilang mga gawa:**
**36 At sila ay nangaglingkod sa kanilang mga diosdiosan;**
**na naging silo sa kanila:**

[37]**Oo, kanilang inihain ang kanilang mga anak na lalake at babae sa mga demonio,**
[38]**At nagbubo ng walang salang dugo,**
**sa makatuwid baga'y ng dugo ng kanilang mga anak na lalake at babae,**
**na kanilang inihain sa diosdiosan ng Canaan;**
**at ang lupain ay nadumhan ng dugo.**
[39]**Ganito sila nagpakahawa sa kanilang mga gawa,**
**at nagsiyaong nagpakarumi sa kanilang mga gawa.**

**106:34-39** Ang istropang ito ay nagpapakilala ng mga salita ng Diyos sa Israel tungkol sa pakikisalamuha sa mga Cananeo (cf. Exodo 34:10- 17; Deuteronomio 7:1-6,16; 20:16-18). Ang aklat ni Josue ay naglalarawan ng pagkatalo ng mga pangunahing napaderang lungsod ng Canaan, ngunit ang bawat tribo ay dapat matapos na paalisin ang mga Cananeo mula sa kanilang sariling mga pangtribung kinalalagyan. Hindi ni ginawa (i.e., Mga Hukom 1:21,27, etc.). Ang mga kahihinatnan ay maliwanag na naihayag sa Bilang 33:50-56!

**106:35 "ang mga bansa"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Naninirahan sa Palestina bago pa Dumating ang mga Israelita.

**106:36 "na naging silo sa kanila"** Ito salitang, "snare" (BDB 430), ay isang sanggunian sa isang animal trap (sa literal ay "bait" o "lure"). Ito ay ginamit nang patalinghaga ng ang temptation sa Canaanite pagpapayabong na pagsamba (cf. Exodo 23:33; Deuteronomio 7:16; Mga Hukom 2:3).

**106:37-38** Ito ay tumutukoy sa pagsamba ng pagpapayabong na diyos, *Molech*.

**NATATANGING PAKSA: *Molech***
**(SPECIAL TOPIC: *Molech*)**

**106:37 "mga demonyo"** Ito (BDB 993) ay tumutukoy sa paganong mga diyus-diyosan (cf. Deuteronomio 32:17). Ang salitang ay ginamit lamang ng dalawang beses sa OT. Ito ay maaaring isang hiram na salitang mula sa Aramaiko. Ang konsepto ng paganong mga idolo bilang mga demonyo ay makikita sa NT sa 1 taga-Corinto 10:19-20 at Pahayag 9:20.

**NATATANGING PAKSA: MGA ANGHEL AT MGA DEMONYO**
**(SPECIAL TOPIC: ANGELS AND DEMONS)**

**106:38 "ang lupain ay nadumhan"** Ang lupain ng Canaan ay nadumihan ng mga Cananeo (cf. Genesis 15:16) at ngayon ng mga Israelita (cf. Bilang 35:33-34; Jeremias 3:2-10). Ang Canaan ay para kay YHWH. Ito ay Kaniyang lupain.

**106:39 "nagsiyaong nagpakarumi sa kanilang mga gawa"** Ito (BDB 275, KB 275, *Qal* DI-GANAP na may *waw*) ay isang Hebreong wikain para sa pagsamba sa diyus-diyosan (cf. Mga Hukom 2:17; Ezekiel 23; Osea 5:3). Ito ay nakabatay sa paglalarawan ni YHWH bilang Ama at Israel bilang asawang babae (cf. Osea 1-3). Ang sumamba sa ibang diyos ay ipinagpapalagay bilang "espiritwal na pangangalunya" (cf. Exodo 34:15; Bilang 15:39; Awit 73:27; Osea 4:12; 9:1). Minsan, ang paglalarawan ay kapwa paglalarawan at literal dahil maramin/karamihan ng pagpapayabong na pagsamba ay sa pamamagitan ng panggagayang mahika (i.e., seksuwal na gawain sa pangalan at kinalalagyan ng pagsamba).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:40-43**
[40]**Kaya't nagalab ang pagiinit ng Panginoon laban sa kaniyang bayan,**

**at kinayamutan niya ang kaniyang pamana.**
**41 At ibinigay niya sila sa kamay ng mga bansa;**
**at silang nangagtatanim sa kanila ay nangagpuno sa kanila.**
**42 Pinighati naman sila ng kanilang mga kaaway,**
**at sila ay nagsisuko sa kanilang kamay.**
**43 Madalas na iligtas niya sila;**
**ngunit sila ay mapanghimagsik sa kanilang payo,**
**at nangababa sila sa kanilang kasamaan.**

**106:40-43** Ito ay isang buod ng mga yugto ng exodo, mga paglalagalag sa ilang, ang pananakop, mga hukom, at monarkiya. Ang OT ay isang tala ng kawalang-kakayahang sumunod ng Israel (cf. taga-Galacia 3)!

Pansinin ang makapangyarihang maemosyon na mga salitang ginamit ay naglalarawan kung papaanong tumugon si YHWH sa pagsamba sa diyus-diyosan, paghihimagsik, at di-pananampalataya ng Israel.

1. ang galit ng Panginoon ay nagniningas laban sa Kaniyang bayan (cf. Deuteronomio 1:34-35; 9:19)
2. kinayamutan Niya ang kaniyang pamana (cf. Levitico 26:30; Deuteronomio 32:19)
3. ibinigay Niya sila sa kamay ng. . . (i.e., Hebreong wikain ng pagtanggi), nagpatuloy sa iba ngunit magkakaagapay na parirala sa Awit 106:41-42

**106:42 "sila ay nagsisuko"** Ang AB (p. 75) ay binabanggit na ang mga katinig ng "Canaan" (BDB 488) ang katulad sa PANDIWA nito (BDB 488, KB 484, *Niphal* DI-GANAP na may *waw*). Ito maaring mayroong isang may-pakay na paglalaro ng tunog. Ang mga tribo ng Cananeo ay sinakop ang mga walang katapatan na mga tribo ni YHWH.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:44-46**
**44 Gayon man ay nilingap niya ang kanilang kahirapan,**
**nang kaniyang marinig ang kanilang daing:**
**45 At kaniyang inalaala sa kanila ang kaniyang kasunduan,**
**at nagsisi ayon sa karamihan ng kaniyang mga kagandahang-loob.**
**46 Ginawa naman niyang sila ay kaawaan**
**niyaong lahat na nangagdalang bihag sa kanila.**

**106:44-46** Ang istropang ito ay nagpapakita ng magpagbiyayang tugon ni YHWH.

1. nilingap Niya ang kanilang kahirapan (cf. Exodo 2:25; 5:7; Nehemiah 9:9)
2. Kaniyang marinig ang kanilang daing (cf. Exodo 2:23-25; 3:7-9; Bilang 20:16; Mga Hukom 3:9; 6:7; 10:10; Nehemiah 9:27)
3. Kaniyang inalaala sa kanila ang Kaniyang kasunduan (cf. Exodo 2:24; Levitico 26:40,42,45; Awit 105:8,42)
4. nagsisi ayon sa karamihan ng Kaniyang kagandahang-loob (tingnan ang buong tala sa Genesis 6:6 sa internet)
5. Ginawa naman Niyang sila ay kaawaan (cf. 1 Mga Hari 8:50; 2 Cronica 30:9; Ezra 9:9; Nehemiah 1:11; Jeremias 42:12)
6. pansinin na Awit 106:43a, isa pang magpagbiyayang hangarin ni YHWH

**106:45 "kasunduan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 106:47-48**
**47 Iligtas mo kami, Oh Panginoon naming Diyos,**

**at pisanin mo kami na mula sa mga bansa,**
**upang mangagpasalamat sa iyong banal na pangalan,**
**at mangagtagumpay sa iyong kapurihan.**
**48 Purihin ang Panginoon, ang Diyos ng Israel,**
**mula sa walang pasimula hanggang sa walang hanggan.**
**At sabihin ng buong bayan, Siya nawa.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**106:47-48** Ang mga salita ay matatagpuan din sa 1 Cronica 16:35-36. Ang Awit na ito ay nagsimula na may pagpupuri kay YHWH para sa Kaniyang biyaya sa matapat na mga taga-sunod. Ngunit ang Israel ay hindi naging matapat! Ngayon ang salmista ay nananalangin kay YHWH na kumilos para sa kanilang kapakanan at ipanumbalik ang Israel mula sa pagkakatapon!

1. iligtas kami – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS, cf. 1 Cronica 16:35
2. pisanin kami na mula sa mga bansa – BDB 867, KB 1062, *Piel* PAUTOS, cf. Deuteronomio 30:3; Awit 147:2; Isaias 11:12; 56:8; Ezekiel 39:28

Ang layunin ng ang pagpapanumbalik ay upang ang Israel ay:

1. mangagpasalamat sa Iyong banal na pangalan – BDB 392, KB 389, *Hiphil* PAWATAS NA KAYARIAN
2. kaluwalhatian sa Iyong kapurihan – BDB 986, KB 1387, *Hithpael* PAWATAS NA KAYARIAN

**106:48 "Purihin ang Panginoon"** Ang PANDIWA na ito (BDB 138, KB 159, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI) ay makikita din sa Awit 41:13; 72:18; 89:52. A Israel ay dapat na pasalamatan ang kanilang Diyos dahil sa kung sino Siya ay at kung ano ang ginawa Niya para sa kanila.

Pansinin ang mga pangkasunduang titulo ng pagka-Diyos.

1. Oh Panginoon naming Diyos, Awit 106:47
2. ang Panginoon, ang Diyos ng Israel, Awit 106:48

▣ **"mula sa walang pasimula hanggang sa walang hanggan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

▣ **"sabihin ng buong bayan, Siya nawa"** Ang NASB ay isinasalin ang pariralang ito bilang isang PANGKAUTUSAN ngunit ito ay isang *Qal* GANAP.

▣ **"Siya Nawa"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Amen. Ang Israel (i.e., "bayan") ay dapat pagtibayin ang pagka-banal ni YHWH.

▣ **"Purihin ninyo ang Panginoon"** Ang Awit na ito ay nagtatapos katulad ng sa Awit 105 at 104. Ito ay liturhikong pagbigkas na nagbubukas (i.e., Awit 105:1) at nagsasara (i.e., Awit 105:45) ng maraming Awit. Ipinapakita nito sa sila ay nagbabasa sa mga kalalagayang pagsamba.

"Ang Panginoon" ang pinakaikling anyong ng *Yah* (BDB 219).

Nakakagulat na ito ay nawawala sa LXX, ngunit kasama sa Peshitta. Ito ay tiyak na maaaring ang Awit 106:48c-d ay nagsisilbing isang doxolohikong pagsasara sa ikaapat na Aklat ng Salmo (i.e., Awit 41:13; 89:52).

# AWIT 107

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Panginoon ay Inililigtas ang mga Tao mula sa iba't-ibang mga kaguluhan<br>Walang Panimula sa MT | Pasasalamat sa Panginoon sa Kaniyang mga Dakilang Pagliligtas | Isang Pang-pangkat na Pasasalamat sa mga Manlalakbay | Sa Kapurihan ng Kabutihan ng Diyos | Diyos, Isang Kanlungan sa bawat Panganib |
| 107:1-3 | 107:1-3 | 107:1-3 | 107:1-3 | 107:1 |
| | | | | 107:2-3 |
| 107:4-9 | 107:4-9 | 107:4-9 | 107:4-9 | 107:4-5 |
| | | | | 107:6-7 |
| | | | | 107:8-9 |
| 107:10-16 | 107:10-16 | 107:10-16 | 107:10-16 | 107:10-12 |
| | | | | 107:13-14 |
| | | | | 107:15-16 |
| 107:17-22 | 107:17-22 | 107:17-22 | 107:17-22 | 107:17-18 |
| | | | | 107:19-20 |
| | | | | 107:21-22 |
| 107:23-32 | 107:23-32 | 107:23-32 | 107:23-32 | 107:23-24 |
| | | | | 107:25-27 |
| | | | | 107:28-30 |
| | | | | 107:31-32 |
| 107:33-38 | 107:33-38 | 107:33-38 | 107:33-38 | 107:33-34 |
| | | | | 107:35-36 |
| | | | | 107:37-38 |
| 107:39-43 | 107:39-43 | 107:39-43 | 107:39-42 | 107:39-40 |
| | | | | 107:41-42 |
| | | | 107:43 | 107:43 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Mayroong isang maaaring ugnayan sa pagitan ng mga Awit 105, 106, at 107 (i.e., katulad na panimulang parirala). Kahit na ang mga ito ay nakahiwalay ng isang aklat na pagitan, ang kanilang paksa at terminolohiya ay inuugnay silang magkakasama. Ang LXX ay dinadagdag ang katangiang pambungad ng Aklat 1, "Hallelujah."
   1. ang Awit 105 ay tumutukoy sa karanasan ng Israel ng exodo
   2. ang Awit 106 ay humahantong sa nakakakilabot na yugto ng pagpapatapon sa Babilonya
   3. ang Awit 107 ay nagpapahayag ng pagpapanumbalik.

B. Ito ay mahalaga sa pagpapaliwanag na mga Awit na sinusubukan nating matiyak ang pangkasaysayang kalagayan. Ang Awit 107:1-3 ay tinutulungan tayong makilala na ito ay pagpapalaya ng Diyos mula sa pagpapatapon sa Babilonya.

C. Mayroong inuulit na huwaran sa Awit na ito, nagsisimula sa Awit 107:4 at nagpapatuloy hanggang talata 32. Mayroong maraming inuulit na magkakatulad na mga koro. Ang isa sa kanila ay, "magkagayo'y nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan," Awit 106:7,13,19,28. Ang pagbigkas na ito ay katulad sa karanasan ng Israel sa yugto ng Mga Hukom.

D. Isa pang inuulit na koro ay Awit 107:8,15,21,31. Ang korong ito ay tumutuon sa pangkasunduang katapatan ng Diyos ng Israel. Ang katulad na natatanging terminong, *hesed* (tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob), ay sinimulan at winakasan ang Awit na ito. Ang paksa ng kagilagilalas na Awit ay ang matatag, pangkasunduang katapatan ni YHWH.

E. Mayroong apatang huwaran ng pagliligtas. Ang ilang mga iskolar ay iniisip na ito ay nauugnay sa mga manlalakbay na nagtutungo sa Herusalem, ngunit ito ay tila walang katiyakan, lalo na, dahil sa huwaran #4 sa Awit 107:23-31, na may kaugnayan sa pangangalakal sa dagat. Isang mas mabuting pagkaunawa ay ang apat na mga talinghaga ng pagpapalaya mula sa mga krisis:
   1. isang karawan na nawala sa ilang ay natagpuan, Awit 107:4-9
   2. mga bilanggo sa mga malalim na piitan ay napalaya, Awit 107:10-16
   3. karamdaman sa dako ng kamatayan, ngunit napagaling, Awit 107:17-22
   4. silang nakaranas ng isang kakila-kilabot na bagyo at dagat ngunit napalaya, Awit 107:23-31

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 107:1-3**
**1 Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagkat siya ay mabuti:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**2 Sabihing gayon ng tinubos ng Panginoon,**

**na kaniyang tinubos sa kamay ng kaaway;**
**3At mga pinisan mula sa mga lupain,**
**mula sa silanganan, at mula sa kalunuran,**
**mula sa hilagaan at mula sa timugan.**

**107:1 "Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagkat siya ay mabuti"** Ito ay katulad na pasimula ng Awit 106; 118; at 136 (i.e., BDB 392, KB 389, *Hiphil* PAUTOS; ito lamang ang PAUTOS sa Awit na ito). Ito ay talagang ang pananaw sa mundo ng matapat na taga-sunod. Anuman ang mga pangyayaring na maaari nating kasadlakan, ito ay malalim na pananalig sa kanilang naniniwala sa Bibliya na ang Diyos ay kasama natin, ang Diyos ay para sa atin, Diyos ay may kakayahang iligtas tayo.

▣ **"sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man"** Ito ay ang pangkasunduan na terminong *hesed* (tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob ([*hesed*]). Pangunahing ipinapahayag nito ang matatag, pangkasunduang katapatang ng Diyos. Ang Awit na ito ay nagsisimula at nagtatapos (cf. Awit 107:43b) sa pangkasunduang pag-ibig ng Diyos. Ang Diyos ay hindi lamang taga-panimula ng mga kasunduan, Siya rin ang tagatapos ng mga kasunduan

Para sa "magpakailan man" tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

**107:2 "Sabihing gayon ng tinubos ng Panginoon"** Ang terminong ito ay ang Hebreong salita na *go'el* (BDB 145, KB 169, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI). Pangunahin nitong binibigyang-diin ang isang mayamang kamag-anak na muling binibili ang isa mula sa pagkaalipin (tingnan ang Natatanging Paksa: Panubos/Pagtubos). Ang mga talinghagang ito sa personal na pamilya ay ginamit upang ilarawan ang Diyos sa pinakamalapit at pinakamahalaga sa mga pakikipag-ugnayan ng tao.

Ang bayan ng Diyos ay tinawag upang magpahayag ng mga kahabagan ng Diyos. Sa konteksto, ito ay isa pang pangkalahatang paksa (cf. Awit 107:8,15,21,31).

Ang salita "sabihin" (BDB 55, KB 65) ay isang *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Ang Awit na ito ay may labing-isa sa mga pang-gramatikong anyo (i.e., Awit 107:2, 8, 15, 21, 22 [dalawang beses], 32 [dalawang beses, 43 [dalawang beses]).

▣ **"na kaniyang tinubos sa kamay ng kaaway"** Dahil sa Awit 107:3, ito ay tumutukoy sa Asiryan at pagpapatapon sa Babilonya. Ang panalangin para sa pagpapanumbalik ay matatagpuan sa Awit 106:47 at Awit 107 ay tila ang katuparan ng panalangin.

Para sa ang wikain ng "kamay" tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay.

**107:3 "timugan"** Ito sa literal ay ang salita para sa "dagat" (cf. JPSOA). Ang terminong "dagat" (BDB 410) at ang terminong "timog" (sa literal ay "kanang kamay," BDB 411 I) ay magkatulad sa pagkabaybay sa Hebreo. Ang mga ito ay ang apat na mga pangunahing dako ng compass, na nagpapahiwatig ng isang pangkalahatang pagpapanumbalik.

Karamihan ng makabagong mga saling Ingles ay iniwawasto ang "dagat" sa "timog" dahil sa "ang kanluran" ay nabanggit na. Ang UBS Text Project (p. 384) ay binibigyan ang "dagat" isang "A" na antas (mataas na pagkakataong maganap). Kung ang orihinal na teksto ay dapat na "dagat" ito ay tumutukoy sa mga pulo ng Mediteranyo kung saan ang bayan ng Diyos ay kinuha bilang mga bilanggo/mga alipin.

Pansinin na ang "pagpisan" (BDB 867, KB 1062, *Piel* GANAP) sa tinubos ni YHWH sa Awit 107 ay isang tugon sa panalangin ng Awit 106:47 (BDB 867, KB 1062, *Piel* PAUTOS).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 107:4-9**
**4Sila ay nagsilaboy sa ilang, sa ulilang landas;**
**sila ay hindi nakasumpong ng bayang tahanan.**
**5Gutom at uhaw,**
**ang kanilang kaluluwa'y nanglupaypay sa kanila.**

**6Nang magkagayon ay nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan,**
**at iniligtas niya sila sa kanilang kahirapan.**
**7Pinatnubayan naman niya sila sa matuwid na daan,**
**upang sila ay magsiyaon sa bayang tahanan.**
**8Oh purihin ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob,**
**at dahil sa kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tao!**
**9Sapagkat kaniyang binigyang kasiyahan ang nananabik na kaluluwa,**
**at ang gutom na kaluluwa ay binusog niya ng kabutihan.**

**107:4 "Sila ay nagsilaboy sa ilang, sa ulilang landas"** Ang ilang ay nagsasabing ito ay isang maliwanag na pagkabanggit sa exodo, gayunman, ang natitirang bahagi ng Awit na ito ay hindi umaakma sa yugto ng exodo. Samakatuwid, sa aking palagay, ito ay ang una sa apat na mga pangyayaring na naglalarawan sa isang krisis mula sa Diyos na nagligtas sa Kaniyang bayan. Tingnan ang mga Kontekstuwal na Kaunawaan, E.

▣ **"sila ay hindi nakasumpong ng bayang tahanan"** Ang paglalaro sa terminong ito na "pinaninirahang lungsod" ay matatagpuan sa maraming mga bahagi ng Awit na ito (cf. Awit 107:7, 36). Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Herusalem at ang Ipinangakong Lupain, ngunit ito ay pangunahing nagpapahayag sa isang lugar para sa mga manlalakbay na makahanap ng kapahingahan, mga panustos, at kaligtasan.

**107:5** Ang salitang "kaluluwa" ("*nephesh*," BDB 659, tingnan ang tala sa internet sa Genesis 35:18) ay nagpapakilala isang humihingang pwersa ng buhay. Ito ay ginamit nang maraming beses sa Awit na ito.

1. Awit 107:5 – kanilang kaluluwa nanglupaypay sa kanila
2. Awit 107:9 – ang nananabik na kaluluwa
3. Awit 107:9 – ang gutom na kaluluwa
4. Awit 107:18 – kanilang kaluluwa ay kinayayamutan ang pagkain
5. Awit 107:26 – kanilang kaluluwa ay natutunaw

Ang bawat-isa sa mga ito ay inilalarawan isang tao nasa pag-aalala at kawalang-pag-asa, sa punto ng kamatayan.

**107:6,13,19,28 "nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan"** Ang huwarang ito na itinakdan ng bayan ng Diyos sa mga krisis, na nagsisidaing sa Kaniya at ang Diyos na nagpapalaya sa kanila, ay pagpapaalala sa yugto ng Mga Hukom.

**107:6 "iniligtas niya sila sa kanilang kahirapan"** Ang pagpapalaya ng Diyos ay maitutulad din sa lahat na apat na mga talinghagang mga kalagayan (cf. Awit 107:6-7; 13-14; 19-20; 28-29).

**107:7 "Pinatnubayan naman niya sila sa matuwid na daan"** Ang konseptong ito ng isang matuwid na daan ay nagpapakilala sa Hebreong wikain ng "dalawang daan" (cf. Deuteronomio 30:15-20; Awit 1:1; Mateo 7:13-14). Ang isang buhay ng pananampalataya at katapatan kay YHWH ay inilalarawan bilang

1. isang matuwid na landas
2. isang patag na landas
3. isang maayos na landas
4. isang landas na walang mga sagabal

Ang pamumuhay ng masasama ay sadyang kabaligtaran, puno ng bagabag at mga suliranin.

Si Isaias ay kadalasang ipinapakita si YHWH na naghahanda ng isang natatanging landas para sa pagbabalik ng Kaniyang bayan mula sa pagkakatapon (cf. Isaias 20:7; 35:7-8; 40:3-4; 42:15-16; 43:19-20; 49:10-11; 57:14; 62:10).

**107:8 "Oh purihin ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob"** Ang PANDIWA (BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan) ay makikita sa Awit 107:8,15,21,31. Dito muli ay ang inuulit na koro ng kagilagilalas na pangkasunduang pag-ibig ng Diyos na nahayag sa mga buhay ng Kaniyang mga anak. Kahit na sa panahon ng kabalisaan, ang Kaniyang katapatan ay tiyak (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel).

▣ **"at dahil sa kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tao"** Pangunahin itong tumutukoy sa mga gawa ng biyaya ng Diyos sa pagpapalaya ng Kaniyang bayan (cf. Awit 107:24, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kahanga-hangang Bagay). Mayroong dalawang paraan upang makita ang pariralang ito. Binibigyang-diin ang Diyos bilang isang taga-panustos ng buhay sa daigdig, ang Diyos ng mapagkaloob na pagkalinga para sa lahat ng mga tao. Ngunit, sa aking palagay, isang mas mabuting paraan sa pagtingin sa Israel ay maging isang saksi sa mga pagkilos ng Diyos sa mundo. Ito ay lubusang umaakm sa Awit 107:2 at ang pangkalahatang pagbibigay-diin, na katangian ng maraming mga Awit sa bahaging ito ng Salmo. Ang Israel ay hinahangan na mabing isang kaharian ng mga saserdote upang akayin ang buong mundo sa Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

**107:9 "Sapagkat kaniyang binigyang kasiyahan ang nananabik na kaluluwa"** Ito ay tumutukoy sa pisikal na pagpapalaya ng Diyos, para sa partikular na pangyayari na naranasan sa Awit 107:4-9, o ito ay maiintindihan sa isang mas malawak na espirituwal na kaunawaan. Ang Awit na ito, bilang isang kabuuan, ay maaaring ipahayag sa pangkalahatan sa mga suliraning nakakaharap ng lahat ng mga tao pagkatapos ng Genesis 3 ngunit natatangi sa bayan ng Diyos, bilang silang nagtiwala sa Panginoon at pinalaya bilang isang saksi ng kapangyarihan at pag-ibig ng diyos sa isang di-nananampalatayang mundo.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 107:10-16**

**10 Ang gayong tumatahan sa kadiliman, at sa lilim ng kamatayan,**
**na natatali sa dalamhati at pangaw;**
**11 Sapagkat sila ay nanghimagsik laban sa mga salita ng Diyos,**
**at hinamak ang payo ng Kataastaasan:**
**12 Kayat kaniyang ibinaba ang kanilang puso na may hirap;**
**sila ay nangabuwal, at walang sumaklolo.**
**13 Nang magkagayon ay nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan,**
**at iniligtas niya sila sa kanilang kahirapan.**
**14 Inilabas niya sila sa kadiliman at sa lilim ng kamatayan,**
**at pinatid ang kanilang mga tali.**
**15 Oh purihin ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob,**
**at dahil sa kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tao!**
**16 Sapagkat kaniyang sinira ang mga pintuang-bayan na tanso,**
**at pinutol ang mga halang na bakal.**

**107:10 "Ang gayong tumatahan sa kadiliman, at sa lilim ng kamatayan"** Ang terminong "lilim ng kamatayan" (BDB 853) ay ginamit sa Awit 23:4 at nangangahulugang "malalim na kadiliman" (BDB 161 KAYARIAN BDB 853). Ito ay mauunawaan bilang isang malaking krisis sa buhay o sinuman sa bingit ng kamatayan. Sa partikular na kalagayang ito, maliwanag na ating pinag-uusapan ang tungkol sa mga bilanggo na piniit sa pinakamadilin, pinakamalalim na mga piitan.

Ito ang pangalawa sa apat na maaaring mga kalalagayan ng pagpapalaya. Tingnan ang mga Kontekstuwal na Kaunawaan, E.

**107:11 "Sapagkat sila ay nanghimagsik laban sa mga salita ng Diyos"** Ito ay isang napakahalagang parirala. Ang mga krisis na ito na gumagapi sa bayan ng Diyos ay hindi dahil sa kakulangan ng kapangyarihan ng Diyos o Kaniyang kakulangan ng pag-ibig, ito ay dahil sa bukas-matang paghihimagsik ng tao laban sa Diyos (cf. Awit 107:17,34). Bagaman ito ay hindi inihayag sa bawat apat na maaaring mga kaganapan, ito ay maliwanag na mga suliraning naranasan ng Israel ay maiuugnay sa kanilang kasalanan at paghihimagsik laban sa kasunduan (cf. Levitico 26 at Deuteronomio 27-30).

▣ **"ang Kataastaasan"** Ang Awit na ito ay gumagamit ng maraming mga pangalan para sa pagka-Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos).

1. YHWH – Awit 107:1,6,8,13,15,19,21,24,28,31,43
2. *El* – Awit 107:11
3. ang Kataastaasan (*Elyon*, BDB 751) – Awit 107:11

Ang bilang 3 ay pinakamadalas na ginamit ng mga di-Israelita (cf. Genesis 14:19; Bilang 24:15). Si Moises ay gumagamit nito sa Deuteronomio 32:8 (LXX) para sa paghahati ni YHWH sa mundo sa mga bansa. Ang gamit nito sa Awit na ito ay nagdadagdag ng katibayan sa pangkalahatang kalikasan ng bahagi ng panitikang ito.

**107:12 "walang sumaklolo"** Ang munting pariralang ito ay madalas na ginagamit sa kawalang-kakayahan ng anumang diyos na tumulong (cf. 2 Mga Hari 14:26; Awit 22:11; 72:12; Isaias 63:5). Si YHWH ay ipinapahayag na "walang diyos maliban sa Akin, at kung kayo ay maghihimagsik laban sa Akin, walang tulong ang makukuha. Ngunit kung ikaw ay tutugon sa Aking, walang pwersa sa mundo ang maaaring umalipin sa iyo." Tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo.

**107:13 "nagsidaing sila sa Panginoon"** Tingnan ang tala sa Awit 107:6.

▣ **"iniligtas niya sila sa kanilang kahirapan"** Ito ay ang Hebreong salita "iniligtas" (BDB 446, KB 488, tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan [Termino sa OT]). Pangunahin itong tumutukoy sa pisikal na pagpapalaya sa OT. Ang terminong "iniligtas" ay may espirituwal na aspeto sa NT.

**107:14** Inuulit nito ang pisikal na kaligtasan ng mga bilanggong nabanggit sa Awit 107:10.

**107:15** Inuulit nito ang pagbibigay-diin ng Awit 107:8. Inulit muli ito sa 107:21 at 31 para sa pagbibigay-diin.

Ang paggamit ng pariralang, "mga anak ng mga tao" (sa literal ay "*ben Adam*"), ay may isang pangkalahatang sangkap. Si YHWH, ang Manlilikha ng mga tao Kaniyang wangis (cf. Genesis 1:26-27), ay tagatubos din ng lahat ng mga tao (cf. Genesis 3:15, tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH). Mayroong pag-asa para sa Israel; mayroong pag-asa para sa lahat!

**107:16 "kaniyang sinira ang mga pintuang-bayan na tanso, at pinutol ang mga halang na bakal"** Sa kanilang panahon, ang mga bakal na pintuang ito ay maaaring pinakamatibay na harang sa mga tao. Ang mga ito ay talinghaga para sa kalakasan at kapangyarihan na Diyos na walang hahadlang sa pagtulong sa Kaniyang bayan (i.e., Isaias 45:1-2).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 107:17-22**

**17 Mga mangmang dahil sa kanilang mga pagsalangsang,**
**at dahil sa kanilang mga kasamaan ay nadadalamhati.**
**18 Kinayayamutan ng kanilang kaluluwa ang sarisaring pagkain;**
**at sila ay nagsisilapit sa mga pintuan ng kamatayan,**

**[19]Nang magkagayon ay nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan,**
**at iniligtas niya sila sa kanilang kahirapan.**
**[20]Sinugo niya ang kaniyang salita, at pinagaling sila,**
**at iniligtas sila sa kanilang mga ikapapahamak.**
**[21]Oh purihin ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob,**
**at dahil sa kaniyang kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tao!**
**[22]At mangaghandog sila ng mga hain na pasalamat,**
**at ipahayag ang kaniyang mga gawa na may awitan.**

**107:17 "ay nadadalamhati"** Ito ay isang talinghaga tungkol sa isang pagkakasakit tungo sa kamatayan. Gayunman, ang makadiwang anyo ay isang PASARILI, isang BALINTIYAK, at ito ay dapat maisalin na "sila ay dalamahati sa kanilang sarili" (BDB 776, KB 853, *Hithpael* DI-GANAP). Sinasabi nito na hindi natin binabali ang mga kautusan ng Diyos ngunit binabali natin ang ating sarili sa mga kautusan ng Diyos. Mayroong malaking katotohanan sa pahayag na ito tungkol sa moral ng sanlibutan ng Diyos.

**107:18** Ito ay isang daan upang ipahayag ang tungkol sa pagkawala ng gana na ibinubunga ng malubhang karamdaman. Sa talatang ito, ang *Sheol* ay inilalarawan bilang isang muog o lungsod na may mga pintuan (cf. Job 38:17). Kadalasang ang *Sheol* ay ipinapakilala o ipinapahayag sa talinghaga sa maraming iba't-ibang paraan, ngunit maliwanag na pinauusapan natin ang tungkol sa kamatayan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay?

**107:19** Ang parirala ay inulit sa Awit 107:6,13,19, at 28. Ito ay pagpapaalala sa yugto ng Mga Hukom.

**107:20 "Sinugo niya ang kaniyang salita, at pinagaling sila"** Pansinin dito ang Hebreong pagbibigay-diin sa kapangyarihan ng isinawikang salita. Katulad ng Genesis 1, ang Diyos ay nagwika at ito ay naisakatuparan. Ang katulad na pagbibigay-diin sa kapangyarihan ng salita ng Diyos ay makikita sa Isaias 55:11. Sa OT, kapag nagsalita ang Diyos spoke, ang Kaniyang mga salita ay nagiging isang nakakapagsarili, umiiral sa sariling katuparan.

Ang PANGNGALAN "mga ikapapahamak" (sa literal, "pits," BDB 1005) ay isang di-karaniwang ugat at matatagpuan lamang sa tatlong lugar sa OT.

1. dito
2. Kawikaan 28:10
3. Panaghoy 4:20

Ito ay maaaring tumukoy sa

1. ang mga pamamaraan at mga plano ng mga kaaway (mga patibong sa hayop)
2. kamatayan (*Sheol* bilang hukay)

**107:21** Ang pariralang ito ay inulit sa Awit 107:8,15,21,31. Tingnan ang buong tala sa Awit 107:8.

**107:22** Ang talatang ito ay binibigyang-diin ang pagsamba sa templo sa Herusalem, gaya sa Awit 107:23. Ito ay maaaring ang 107:2a ay nagpapakilala din ang isang gawain sa templo.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 107:23-32**
**[23]Silang nagsisibaba sa dagat sa mga sasakyan,**
**na nangangalakal sa mga malawak na tubig;**
**[24]Ang mga ito'y nangakakakita ng mga gawa ng Panginoon,**
**at ng kaniyang mga kababalaghan sa kalaliman.**
**[25]Sapagkat siya ay naguutos, at nagpapaunos,**
**na nagbabangon ng mga alon niyaon.**

**[26]Nagsisitaas sa mga langit, nagsisibaba uli sa mga kalaliman:**
**ang kanilang kaluluwa ay natutunaw dahil sa kabagabagan.**
**[27]Sila ay hahampashampas na paroo't parito, at gigiraygiray na parang lasing,**
**at ang kanilang karunungan ay nawala.**
**[28]Nang magkagayon ay nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan,**
**at inilabas niya sila sa kanilang kahirapan.**
**[29]Kaniyang pinahihimpil ang bagyo,**
**na anopa't ang mga alon niyaon ay nagsisitahimik.**
**[30]Nang magkagayon ay natutuwa sila, dahil sa sila ay tiwasay.**
**Sa gayo'y kaniyang dinadala sila sa daongang kanilang ibigin.**
**[31]Oh purihin ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob,**
**at dahil sa kaniyang kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tao!**
**[32]Ibunyi rin naman nila siya sa kapulungan ng bayan,**
**at purihin siya sa upuan ng mga matanda.**

**107:23 "Silang nagsisibaba sa dagat sa mga sasakyan"** Ang mga Hudyo ay hindi lubhang madalas na sumasali sa mga gawain sa paglalayag. Mayroong isang halimbawa sa 1 Mga Hari 9:27,28, kung saan si Solomon ay gumawa ng malaking bapor sa Gulpo ng Aqaba, ngunit siya ay tinuligsa dahil dito at ang katotohanan na ang mga taga-Fenicia ang gumawa at nagpapatakdo ng mga bapos. Mayroong malabong pagkabanggit sa isa sa mga Hudyong angkan na may kinalaman sa mga gawain sa karagatan sa Mga Hukom 5:17, ngunit muli, ito ay maypagka-misteryoso at di-tiyak sa kahulugan nito. Ang mga Hudyo ay karaniwang hindi lubusang aaakit sa mga gawaing paglalayag. Ang kaligiran ng talinghaga sa Awit 107:23-32 ay isang mabagsik na unos at dagat, na sumisindak sa mga naninirahan sa disyerto.

Ito ang ikaapat na pagpapalagay na kalagayan ng pagpapalaya; tingnan ang mga Kontekstuwal na Kaunawaan, E.

**107:25-27** Ang mga ito ay mga kapansin-pansing halimbawa ng talinghaga kasakitan sa dagat at pagkatakot na kaugnay sa isang unos at dagat.

**107:27** Ang PANDIWA sa ikalawang linya sa literal ay "lumamon" (BDB 118, *Hithapel* DI-GANAP), na nagpapakilala ng biglaang pagkawasak ng isang bagay (i.e., ang dagat lumamon ng isang bapor sa isang bagyo).

Ang KB 135 III ay galing sa ugat na "ipakita ang sarili na nalilito." Ito ang tanging halimbawa ng ugat sa *Hithpael*, bagaman ito ay nagbibigay ng

1. isang *Niphal* sa Isaias 28:7
2. isang *Piel* sa Isaias 3:12; 19:3
3. isang *Pual* sa Isaias 9:16

Maraming mga saling Ingles ay nakikita ang PANDIWA na ito bilang nauugnay sa naranasang kawalang kakayahan ng mga mandaragat na gamitin ang kanilang kaalaman sa dagat upang makatakas.

**107:30 "kanilang ibiging daongan"** Ito sa literal ay "ninanais na lungsod." Ang terminong ito para sa "lungsod" (BDB 562, KB 568) ay matatagpuan lamang dito. Karamihan ng mga saling Ingles ay may "daungan" o "pantalan." Sa aking palagay, ito ay umaagapay sa "pinaninirahang lungsod" ng Awit 107:4 at 36. Ito ay isang lugar ng kapangahingahan, pagtutustos, at kaligtasan! Ito ay maaaring pinag-iiba sa "mga pintuan ng kamatayan" (i.e., *Sheol*, ang lungsod ng patay). Sa wakas, Diyos lamang ang ganitong lugar! Siya lamang ang walang-hanggang lungsod (cf. Hebreo 11:10)!

**107:32 "ang kapulungan ng bayan"** Ito ay isang parirala sa katangian ng kasunduan para sa Israel.

▣ **"purihin siya sa upuan ng mga matanda"** Mayroong ilang pagpapalagay na ang Awit 107:33-43

ay naglalaman ng
1. mga salita ng mga tao sa mga pinuno
2. pagtugon ng mga pinuno sa kanilang mga salita

Anuman ang tiyak na kalikasa ng mga sumusunod ng mga talata, ito ay hindi umaakma sa apatang huwaran na napatunayan sa Awit 107:4-32.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 107:33-38**

**33 Kaniyang pinapagiging ilang ang mga ilog,**
**at uhaw na lupa ang mga bukal:**
**34 Na maalat na ilang ang mainam na lupain,**
**dahil sa kasamaan nila na nagsisitahan doon.**
**35 Kaniyang pinapagiging lawa ng mga tubig ang ilang,**
**at mga bukal ang tuyong lupain.**
**36 At kaniyang pinatatahan doon ang gutom,**
**upang makapaghanda sila ng bayang tahanan;**
**37 At maghasik sa mga bukid, at magtanim ng mga ubasan,**
**at magtamo ng mga bunga na pakinabang.**
**38 Kaniya namang pinagpapala sila, na anopa't sila ay lubhang nagsisidami;**
**at hindi tinitiis na ang kanilang kawan ay magkulang.**

**107:33-43** Ang kahatulan ng Diyos ay inilarawan at dito ay may isang layunin. Ang layunin ay ang pagpapanumbalik ng bayan ng Diyos at kanilang pagpapala. Ito ay lubhang katulad sa bahagi ng pagpapala at sumpa sa Levitico 26:1-13 at Deuteronomio 27-30.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 107:39-43**

**39 Muli, sila ay nakulangan at nahapay sa kapighatian,**
**kabagabagan, at kahirapan.**
**40 Kaniyang ibinubugso ang kadustaan sa mga pangulo,**
**at kaniyang pinagagala sila sa ilang na walang lansangan.**
**41 Gayon ma'y iniuupo niya sa mataas ang mapagkailangan mula sa kadalamhatian,**
**at ginagawan siya ng mga angkan na parang kawan.**
**42 Makikita ng matuwid, at matutuwa;**
**at titikumin ng lahat ng kasamaan ang kaniyang bibig.**
**43 Kung sino ang pantas ay magbulay sa mga bagay na ito,**
**at kanilang magugunita ang mga kagandahang-loob ng Panginoon.**

**107:40,41 "mga pangulo. . .ang mapagkailangan"** Ang pagkabaliktad ng mga tungkulin ay isa sa mga tandang katangian ng mga paraan ng Diyos sa mga tao. Ang mga pinunong iyong ng Israel na naghatid sa pagkaligaw sa kanilang mga tao ay hinahatulan ngayon at ang mahihirap at itinatakuwil sa mga pamayanan ay dinala ngayon sa isang lugar ng katubusan, kalusugan, at kaligtasan.

Sa ilang mga konteksto ang "nagdadalamhati" ay tumutukoy sa matapat na mga taga-sunod ni YHWH.

**107:43a** Ito ay katulad sa NT parirala na, "sa kaniya na may pakinig, ay makinig." Ang Diyos ay inihayag ang Kaniyang plano para sa Kaniyang bayan. Ngayon, ang Kaniyang bayan ay kailangang tumugon sa pamamagitan ng pananampalataya. Gayunman, kahit na sa kanilang pagtugon sa pananampalataya, ang susi ay hindi ang kanilang katapatan, ngunit ang katapatan ng Diyos (cf. Ezekiel 36:27-38).

**107:43b** Ito ay maaaring tumutukoy sa Deuteronomio 32:7. Ang pagsunod sa kasunduan ay nagdudulot

ng mga pagpapala (Awit 107:33-38) ngunit ang pagsuway sa kasunduan ay nagduduloy ng mga sumpa (cf Awit 107:39-40).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang ilang mga tagapagpaliwanag ay naniniwala na ang mga Awit 105, 106, at 107 ay magkaugnay kahit na sila ay matatagpuan sa dalawang magkaibang aklat (i.e., mga paghahati) sa Salmo?
2. Ano ang kahalagahan ng Hebreong salita *hesed*, na isinaling “kagandahang-loob” sa New American Standard, “kahabagan” sa Hari James, na kadasalang matatagpuan sa Awit na ito?
3. Ano ang ipinapalagay na pangkasaysayang kalagaya ng Awit na ito batay sa Awit 107:2,3?
4. Ilarawan ang apatang huwaran ng pagkabalisa na matatagpuan sa Awit 107:4-32. Ang mga manlalakbay ba sa kanilang daan sa Herusalem ay nakakaharap ng mga literal na suliranin, o sila ay tila talinghagang nauugnay sa mga suliranin ng buhay?
5. Bakit ay Awit 107:11,17, at 34 ay napakahalaga kapag nauugnay sa mga suliraning kinaharap ng Israel?
6. Paano maiuugnay san kasalanan at karamdaman sa kaisipang Hudyo (cf. Awit 107:17; Juan 9:2; Santiago 5:13)?

# AWIT 108

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pinapurihan at Dumaing sa Diyos upang Magkaloob ng Tagumpay<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit, Awit ni David | Katiyaka ng Tagumpay ng Diyos laba sa mga Kaaway | Liturhiya ng Panalangin para sa Tagumpay laban sa mga Pambansang Kaaway | Panalangin para sa Paghingi ng Tulong laban sa mga Kaaway | Pang-umagang Imno at Pambansang Panalangin |
| 108:1-6 | 108:1-4 | 108:1-4 | 108:1-4 | 108:1-2 |
| | | | | 108:3-4 |
| | 108:5-6 | 108:5-6 | 108:5-6 | 108:5 |
| | | | | 108:6 |
| 108:7-9 | 108:7-9 | 108:7-9 | 108:7-9 | 108:7 |
| | | | | 108:8 |
| | | | | 108:9 |
| 108:10-13 | 108:10-13 | 108:10-13 | 108:10-13 | 108:10-11 |
| | | | | 108:12-13 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Awit 108:1-5 ay kinuha mula sa Awit 57:7-11.

B. Awit 108:6-13 ay kinuha mula sa Awit 60:5-12.

C. Para sa mga detalye ng mga kahulugan, tingnan ang mga buong tala sa internet at mga Awit 57 at 60.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

| |
|---|
| **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 108:1-6**<br>**1Ang aking puso'y matatag, Oh Diyos;**<br>**ako ay aawit, oo, ako ay aawit ng mga pagpuri, ng aking kaluluwa.**<br>**2Kayo ay gumising, salterio at alpa:**<br>**ako ma'y gigising na maaga.**<br>**3Ako ay magpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon, sa gitna ng mga bayan:**<br>**at ako ay aawit ng mga pagpuri sa iyo sa gitna ng mga bansa.**<br>**4Sapagkat ang iyong kagandahang-loob ay dakila sa itaas sa mga langit,**<br>**at ang iyong katotohanan ay umaabot sa mga alapaap.**<br>**5Mabunyi ka, Oh Diyos, sa itaas sa mga langit:**<br>**at ang iyong kaluwalhatian sa ibabaw ng buong lupa.**<br>**6Upang ang iyong minamahal ay maligtas,**<br>**magligtas ka ng iyong kanan, at sagutin mo kami.** |

**108:1a "matatag"** Ang PANDIWA (BDB 465, KB 464, *Niphal* PANDIWARI) ay nagpapakilala ng isang buhay ng pananampalataya at katapatan (cf. Awit 57:8 [dalawang beses]; 112:7) sa tamang landas ng Diyos (cf. Awit 16:11; 139:24). Isang halimbawa ng sinuman na hindi matatag ay makikita sa Awit 78:37.

Ang LXX, Peshitta, at Vulgata ay inuulit ang parirala, na nagpapakita ng ilang paglagom sa pagitan ng Awit na ito at Awit 57:7-11 ay naganap.

Para sa "puso" tingnan ang Natatanging Paksa: Puso.

**108:1b-3** Ang mga katangian ng isang matatag puso ay

1. Ako ay aawit – BDB 1010, KB 1479, *Qal* PANG-PANGKAT
2. Ako ay aawit ng mga pagpuri – BDB 274, KB 273, *Piel* PANG-PANGKAT
3. Ako ay gigising sa umaga – BDB 734, KB 802, *Hiphil* PANG-PANGKAT
4. Ako ay magpapasalamat – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
5. Ako ay aawit ng mga pagpuri – katulad sa #2

**108:1b**

**NASB "ng aking kaluluwa"**
**NKJV "ng aking kaluwalhatian"**
**NRSV "gumising aking kaluluwa"**
**TEV "gising kaluluwa"**
**NJB "lumating sa aking kaluwalhatian"**

Ang NKJV ay literal ngunit ang NRSV, TEV, at NJB ay ginagamit ang pagkakaagapay sa Awit 57:8 upang idagdag ang pangatlong gamit ng PANDIWA na "gumising" (BDB 734, KB 802), na makikita ng dalawang beses sa MT.

Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian. Dito ang salita (BDB 458) ay ginamit sa katauhan ng salmista (i.e., *nephesh*). Ang paggamit na ito ng terminong "kaluwalhatian" ay makikita sa Awit 7:5; 16:9; 30:12; 57:8.

Ang NET Bible (p. 979) ay nagmumungkahi ng isang pag-aayos mula sa כבוד (BDB 458) sa "aking buhay," כבדי (BDB 458). Ito ang ginagawang sanggunian sa AB, p. 94, ngunit ang AB ay gumagamit ng ang ng sipi kay Anath upang ipaliwanag ang PANDIWA "magpuri" na ginamit ni YHWH at hindi bilang isang tulong para sa iminungkahing pag-aayos.

**108:3** Pansinin ang pagpuri kay YHWH ay umaabot sa

1. mga tao

2. mga bansa
3. lahat ng sa mundo (cf. Awit 108:5b

Ang pangkalahatang sangkap na siyang katangian ng nakaraang mga Awit ay nagpapatuloy! Si YHWH ang isang tunay na Diyos, ang tanging Manlilikha, ang tanging Tagapagligtas. Tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo.

**108:4**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kagandahang-loob"** |
| **NKJV, LXX** | **"kahabagan"** |
| **NRSV** | **"matatag na pag-ibig"** |
| **TEV** | **"pangkasunduang pag-ibig"** |
| **NJB** | **"matapat na pag-ibig"** |
| **JPSOA** | **"katapatan"** |
| **REB** | **"di-magmamaliw na pag-ibig"** |

Ito ay ang natatanging kasunduang PANGNGALAN (*hesed*) na inilalarawan ang katapatan ni YHWH sa Kaniyang mga pangako. Ang hantungang pag-asa ng sangkatauhan ay ang mahabagin at matapat na katangian ng Diyos! Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

▣ **"itaas sa mga langit"** Pansinin ang pagkakaagapay sa mga susunod na dalawang linya. Ang kagandahang-loob at katotohanan ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT) ay umaabot sa ibabaw ng mga langit. Oo, si YHWH mismo ay umaabot sa ibabaw ng pisikal na linikha (Awit 108:5). Ang "mga langit" ay ang atmospera sa ibabaw ang mundo, hindi YHWH's dwelling place. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kalangitan at Natatanging Paksa: Ang Ikatlong Kalangitan.

**108:5 "kaluwalhatian"** Tingnan ang tala sa Awit 108:1.

**108:6 "Iyong minamahal"** Dito, ito ay tumutukoy sa kasunduang bayan (cf. Awit 60:5; 127:2; Jeremias 11:15). Ito ay naging isang titulo para sa Mesias (lalo na mula sa mga Awit ng Lingkod ng Isaias, i.e., Isaias 42:1). Tinutukoy ni YHWH si Hesus sa titulong ito

1. sa Kaniyang bautismo – Mateo 3:17
2. sa isang sipi mula sa Isaias – Mateo 12:18
3. sa Kaniyang pagbabagong-anyo – Mateo 17:5

Ito sa huli ay nagiging isang titulo sa pampamilyang pagmamahal para sa kanilang sumusunod kay Hesus (i.e., taga-Roma 1:7; taga-Colosas 3:12; 1 taga-Thesalonica 1:4; 2 taga-Thesalonica 2:13).

▣ Ang unang istropa ay may maraming MGA PAUTOS.

1. gumising, salterio at alpa, Awit 108:2 – BDB 734, KB 802, *Qal*
2. magbunyi, Oh Diyos, Awit 108:5 – BDB 926, KB 1202, *Qal*
3. maligtas, Awit 108:6 – BDB 446, KB 448, *Hiphil*
4. sagutin, Awit 108:6 – BDB 772, KB 851, *Qal*

Ang bilang 3 at 4 ay mga kahilingan sa panalangin. Ang bilang 1 at 2 ay kaugnay sa pagpupuri.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 108:7-9**

**7 Nagsalita ang Diyos sa kaniyang kabanalan;**
**ako ay magsasaya: aking hahatiin ang Sichem,**
**at susukatin ko ang libis ng Sucoth.**
**8 Galaad ay akin; Manases ay akin;**
**ang Ephraim naman ay sanggalang ng aking ulo:**
**Juda'y aking cetro.**

> **[9]Moab ay aking hugasan;**
> **sa Edom ay ihahagis ko ang aking panyapak:**
> **sa Filistia ay hihiyaw ako.**

**108:7-9** Si YHWH ay nagsasalita (maraming MGA PANG-PANGKAT) mula sa Kaniyang templo (sa literal, "santuario") tungkol sa Kaniyang pagkamay-ari ng Canaan. Ang istropang ito ay mula sa Awit 60:6-8. Ang ilang mga istropa ay naging mga salawikain, mga panghuling mga salita, o liturhiya.

**108:8 "Juda ay aking cetro"** Ito ay isang pagkabanggit sa pagpapala ni Jacob sa kaniyang mga anak sa Genesis 49, lalo na sa Genesis 49:10. Ito rin ay nabanggit sa Bilang 24:17 (cf. Awit 60:7).

> **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 108:10-13**
> **[10]Sinong magpapasok sa akin sa lungsod na nakukutaan?**
> **Sinong papatnubay sa akin hanggang sa Edom?**
> **[11]Hindi ba ikaw Oh Diyos na nagtakuwil sa amin,**
> **at hindi lumalabas, Oh Diyos, na kasama ng aming mga hukbo?**
> **[12]Gawaran mo kami ng tulong laban sa kaaway;**
> **sapagkat walang kabuluhan ang tulong ng tao.**
> **[13]Sa tulong ng Diyos ay gagawa kaming may katapangan:**
> **sapagkat siya ang yayapak sa aming mga kaaway.**

**108:10-13** Dahi si YHWH ang nagmamay-ari at namamahala sa Ipinangakong Lupain (i.e., Canaan), tiyak na hindi ipapahintuloy na ang Kaniyang bayan ay magapi at mapalayas!

**108:10 "lungsod na nakukutaan"** Ang MT ay may "pinatibay na lungsod" (BDB 747 KAYARIAN BDB 131). Ito ay maaaring tumukoy sa lungsod ng Bozrah dahil ang Edom ay nabanggit sa susunod na linya ng panulaan. Ang Bozrah (BDB 131 II) ay mula sa katulad na Hebreong ugat ng "lungsod" o "pagpapatibay" (BDB 131, tingnan ang IVP *Bible Background Commentary*, p. 551).

**108:11** Ang kasunduang bayan ay natalo sa labanan (cf. Awit 44:9) dahil hindi sila sinamahan ni YHWH. Ang arko ay dinala sa digmaan bilang isang simbolo ng personal na presensiya ni YHWH kasama ang sundalo. Ngunit kung ang Kaniyang bayan ay napatunayang di-matapat sa kasunduan, hindi Niya ibibigay sa kanila ang tagumpay.

**108:12** Ito ay isang pagkilala na ang tanging pag-asa ng Israel ay si YHWH. Ang kanilang panghukbong lakas at mga mahuhusay na paraan sa pakikidigma ay hindi magbubunga ng tagumpay, tanging si YHWH lamang!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ay ang dalawang mga tagapagsalita sa Awit na ito?
2. Anong ibang mga Awit ang pinaghanguan nito?
3. Ano ang sinusubukang ipahayag ng Awit 108:7-9?
4. Ano malaking mga katotohanan ang ipinahayag sa Awit 108:11-12?

# AWIT 109

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Paghihiganting Pinanawagan sa mga Kaaway<br><u>Panimula sa MT</u><br>Para sa Punong Mang-aawit<br>Isang Awit ng David | Pagsamo sa Kahatulan ng mga Bulaan Tagasakdal | Panalangin sa Pagpapalaya mula sa Personal na mga Kaaway (Isang Panaghoy) | Ang Daing ng Isang Taong nasa Kaguluhan | Isang Pagsumpa |
| 109:1-5 | 109:1-5 | 109:1-5 | 109:1-5 | 109:1-3 |
| | | | | 109:4-5 |
| 109:6-13 | 109:6-13 | 109:6-19 | 109:6-15 | 109:6-7 |
| | | | | 109:8-9 |
| | | | | 109:10-11 |
| | | | | 109:12-13 |
| 109:14-20 | 109:14-20 | | | 109:14-15 |
| | | | 109:16-19 | 109:16-17 |
| | | | | 109:18-19 |
| | | 109:20-25 | 109:20-25 | 109:20-21 |
| 109:21-25 | 109:21-25 | | | |
| | | | | 109:22-23 |
| | | | | 109:24-25 |
| 109:26-29 | 109:26-29 | 109:26-31 | 109:26-29 | 109:26-27 |
| | | | | 109:28-29 |
| 109:30-31 | 109:30-31 | | 109:30-31 | 109:30-31 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Nararamdaman ng salmista na hindi patas na pakikitungo sa kaniya ng kaniyang mga minamahal (unang istropa, Awit 109:1-5).
   1. kanilang mga salita
      a. masama, Awit 109:1
      b. magdaraaya, Awit 109:1
      c. sinungaling, Awit 109:2
      d. mga salitang pagtatanim, Awit 109:3
      e. umaaway, Awit 109:4
   2. kanilang mga gawa
      a. nagsilaban sa akin ng walang kadahilanan, Awit 109:3
      b. iginanti nila ay kasamaan sa mabuti, Awit 109:5
      c. iginanti ang pagtatanim sa pag-ibig ko, Awit 109:5
   3. ito ay maaaring magpakilala sa isang tagpuan sa hukuman kung saan ang salmista ay pinaparatangan na kabulaanan (cf. Awit 109:6-7)

B. Siya ay nanalangin ng isang kalipunan ng mga kahatulan (MGA PANGKAUTUSAN) sa kaniyang mga kaaway (pangalawa at pangatlong istropa, Awit 109:6- 13, 14-20).
   1. tumayo nawa ang isang kaaway sa kaniyang kanan, Awit 109:6 – BDB 763, KB 840, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   2. lumabas nawa siyang salarin, Awit 109:7 – BDB 422, KB 425, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   3. maging kasalanan nawa ang kaniyang dalangin, Awit 109:7 – BDB 224, KB 243, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   4. Maging kaunti nawa ang kaniyang mga kaarawan, Awit 109:8 – katulad na anyo sa #3
   5. kunin nawa ng iba ang kaniyang katungkulan, Awit 109:8 – BDB 542, KB 534, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   6. Maulila nawa ang kaniyang mga anak, Awit 109:9 – katulad sa #3
   7. mabao nawa ang kaniyang asawa, Awit 109:9 – katulad sa #3
   8. Magsilaboy nawa ang kaniyang mga anak, Awit 109:10 – ito ay isang PAWATAS NA LUBUSAN at isang DI-GANAP PANDIWA mula sa katulad na ugat (BDB 631, KB 681), na isang pang-gramatikong daan upang magpakita ng katindihan
      a. mangagpalimos – BDB 981, KB 1371, *Piel* GANAP
      b. hanapin ang pagkain – BDB 205, KB 233, *Qal* GANAP

      Ang NASB ay naisalin ang MGA GANAP ng Awit 109:10 bilang MGA PANGKAUTUSAN (i.e., "nawa. . .").
   9. Kunin nawa ng manglulupig ang lahat niyang tinatangkilik, Awit 109:11 – BDB 669, KB 723, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   10. samsamin ng mga taga ibang lupa ang kaniyang mga gawa, Awit 109:11 – BDB 102, KB 117, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   11. Mawalan nawa ng maawa sa kaniya, Awit 109:12 – BDB 224, KB 243, *Qal* PANGKAUTUSAN
   12. mawalan din ng maawa sa kaniyang mga anak na ulila, Awit 109:12 – katulad sa #11
   13. Mahiwalay nawa ang kaniyang kaapuapuhan, Awit 109:13 – katulad sa #11
   14. mapawi nawa ang kaniyang pangalan, Awit 109:13 – BDB 562, KB 567, *Niphal* PANGKAUTUSAN
   15. Maalaala nawa ng Panginoon ang kasamaan ng kaniyang mga magulang, Awit 109:14 – BDB 269, KB 269, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   16. huwag nawa mapawi ang kasalanan ng kaniyang ina, Awit 109:14 – BDB 562, KB 567, *Niphal* PANGKAUTUSAN

17. Mangalagay nawa silang lagi sa harap ng Panginoon, Awit 109:15 – katulad sa #3
18. ihiwalay nawa ng Panginoon ang alaala sa kanila sa lupa, Awit 109:15 – BDB 503, KB 500, *Hiphil* PANGKAUTUSAN
19. Sa kaniya'y maging gaya nawa ng balabal na ibinabalabal (i.e., pagsumpa), Awit 109:19 – katulad sa #11
20. ang NASB, NKJV, NJB ay isinalin ang Awit 109:20a bilang isa pang PANGKAUTUSAN ngunit ito ay isang *Qal* PANDIWARI

C. Ang Awit 109:16-18 ay nagtala ng mga kadalihanan kung bakit dapat siyang hahatulan ni YHWH.
   1. hindi niya naalaalang magpakita ng kaawaan, Awit 109:16
   2. hindi hinabol ang dukha at mapagkailangan, Awit 109:16
   3. kaniyang inibig ang sumpa, Awit 109:17
   4. nagsusuot naman siya ng sumpa na parang kaniyang damit, Awit 109:18

D. Sa Awit 109:21-25, ang salmista ay inilalarawan kaniyang pangangailangan at humihingi ng tulong (pansinin ang panghambing na PANGATNIG, "ngunit sa Iyo, Oh Diyos").
   1. gumawa kang kasama ko – BDB 793, KB 889, *Qal* PAUTOS
   2. iligtas ako – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS

   Binatay niya ang Kaniyang mga panalangin
   1. alang-alang sa pangalan ni YHWH, Awit 109:21
   2. sa kagandahang-loob ni YHWH, Awit 6:4; 44:26; 109:21,26; 119:149
   3. sa kaniyang pangangailangan
      a. ako ay dukha at mapagkailangan
      b. aking puso ay nasaktan
      c. ako ay yumayaong gaya ng lilim
      d. ako ay itinataas at ibinababa ng hangin na parang balang
      e. ang aking mga tuhod ay mahina sa pagaayuno
      f. ang aking laman ay nagkukulang ng katabaan
      g. Ako naman ay naging kadustaan sa kanil

E. Sa Awit 109:26-29 ang salmista ay nagpapatuloy sa kaniyang panalangin at nagpapahayag ng kaniyang hangarin para sa kahatulan ni YHWH sa kaniyang mga kaaway.
   1. tulungan ako – BDB 740, KB 810, *Qal* PAUTOS
   2. iligtas ako sang-ayon sa Iyong kagandahang-loob – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 109:21
   3. siya ay nanalangin kay YHWH na
      a. kanilang malaman ang kahatulan ay mula sa Kaniya – BDB 393, KB 390, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
      b. Sumumpa sila, ngunit magpapala ka – BDB 886, KB 1103, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, na naglalapit ng isang reaksiyon mula kay YHWH (i.e., hindi upang magpala)
      c. sila ay mangapahiya – BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (NKJV, NRSV), gaya ng isang paghahambing na pahayag sa Awit 109:28a, gayundin naman, sa 109:28c
      d. Manamit ng kasiraang puri ang mga kaaway ko – BDB 527, KB 519, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (NASB, NKJV, NRSV)
      e. matakpan sila ng kanilang sariling kahihiyan – BDB 741, KB 813, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (NASB, NKJV, NRSV)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 109:1-5**
**1 Huwag kang mapayapa,**
**Oh Diyos na aking kapurihan;**
**2 Sapagkat ang bibig ng masama at ang bibig ng magdaraya ay ibinuka nila laban sa akin:**
**sila ay nangagsalita sa akin na may sinungaling na dila.**
**3 Kanilang kinulong ako sa palibot ng mga salitang pagtatanim,**
**at nagsilaban sa akin ng walang kadahilanan.**
**4 Sa kabayaran ng aking pagibig ay mga kaaway ko sila:**
**ngunit ako ay tumatalaga sa dalangin.**
**5 At iginanti nila sa akin ay kasamaan sa mabuti,**
**at pagtatanim sa pagibig ko.**

**109:1 "Oh Diyos na aking kapurihan"** Ang pariralang ito ay matatagpuan lamang dito at sa Deuteronomio 10:21, ngunit ang konsepto ay inuulit (i.e., Awit 146-148). Ang LXX ay isinasalin ang pariralang ito bilang "Oh Diyos, huwag mapalampas ang aking pagpuri sa katahimikan."

▣ **"Huwag kang mapayapa"** Ito ay isang Hebreong pakiusap para kay YHWH na makinig at tumugon sa panalangin (cf. Awit 28:1; 35:22; 38:12; 83:1).

**109:2-3** Mayroong kapangyarihan sa mga salita kapwa para sa pagpapala at para sa pagyurak. Ang ating mga salita ay naghahayag ng ating mga puso! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pantaong Pananalita.

Ang AB (p. 100) ay nakikita ang mga talatang ito bilang mga pagkabanggit sa mga paglusob ng hayop.

1. bibig ng mga lumulusob na hayop (cf. Awit 22:14; Panaghoy 3:46-47)
2. "nagsasalita" (BDB 180) sa kaunawaan ng "paghahanap"
3. "nakapalibot" tulad ng isang kawan ng mga hayop

**109:4-5** Ang malusob ay napakasakit ngunit ang lusubin ng iyong pinagkakatiwalaan at kaibigan ay doble ang sakit (cf. Awit 35:12; 38:20).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 109:6-13**
**6 Lagyan mo ng masamang tao siya:**
**at tumayo nawa ang isang kaaway sa kaniyang kanan.**
**7 Pagka siya ay nahatulan, lumabas nawa siyang salarin;**
**at maging kasalanan nawa ang kaniyang dalangin.**
**8 Maging kaunti nawa ang kaniyang mga kaarawan;**
**at kunin nawa ng iba ang kaniyang katungkulan.**
**9 Maulila nawa ang kaniyang mga anak,**
**at mabao ang kaniyang asawa.**
**10 Magsilaboy nawa ang kaniyang mga anak, at mangagpalimos;**
**at hanapin nila ang kanilang pagkain sa kanilang mga dakong guho.**
**11 Kunin nawa ng manglulupig ang lahat niyang tinatangkilik;**
**at samsamin ng mga taga ibang lupa ang kaniyang mga gawa.**
**12 Mawalan nawa ng maawa sa kaniya;**
**at mawalan din ng maawa sa kaniyang mga anak na ulila.**
**13 Mahiwalay nawa ang kaniyang kaapuapuhan;**
**sa lahing darating ay mapawi ang kaniyang pangalan.**

**109:6-20** Ang dalawang istropang ito ay mukhang lubhang magbagsik para sa makabagong tao. Ang salmista ay humihiling lamang para sa mga pangkasunduang sumpa (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30) sa kawalang pananampalataya ng mga Israelita na naging isang katotohanan sa kaniyang mga kaaway. Nararamdaman niya na siya ay nasa panig ni YHWH; ang paglusob sa kaniya ay paglusob kay YHWH.

Ang Jewish Study Bible (p. 1407) ay sinasabing ito ang pinakamahabang bahagi ng pagsumpa sa Salmo. Ito ay lubhang malinaw at grapiko na ang ilang mga tagapagpaliwanag ay nag-iisip na ito ay nagpapaliwanag sa kung ano ang sinasabi ng mga kaaway laban sa salmista (i.e., komentaryo ng Jerome Bible, NJB, at talababa ng NIV). Gayunman, ito ay hindi mapapatunayan mula sa MT. Ang tanging katibayan ay ang PANG-ISAHAN na anyong ginamit sa Awit 109:6-19, na marahil ay isang sama-samang PANG-ISAHAN.

**109:6 "isang kaaaway"** Ito ay ang Hebreong termino (BDB 966, cf. Awit 109:20,29) na isang titulo para sa kumakatawan ng kasamaan, si Satanas. Tingnan ang Natatanging Paksa: Satanas.

**109:8 "katungkulan"** Ito ay di-tiyak mula sa konteksto kung ano ang ibig-sabihin ng salita (BDB 824). Ito ay maaaring tumukoy sa "mga nakaimbak na panustos o pagkain," cf. Isaias 15:7. Ang mga lumusob ay nasa isang lugar ng katanyagan at kapangyarihan. Ang pariralang ito (kasama ng Awit 69:25 mula sa ang LXX) ay ginamit sa Mga Gawa 1:20 upang tumutukoy kay Hudas Iscariote. Ang Mga Gawa ay ginamit ang salitang "katungkulan" na may kaugnayan sa isang pagpili para sa kapalit ni Hudas bilang isang Apostol.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 109:14-20**

**14 Maalaala nawa ng Panginoon ang kasamaan ng kaniyang mga magulang;**
**at huwag mapawi ang kasalanan ng kaniyang ina,**
**15 Mangalagay nawa silang lagi sa harap ng Panginoon,**
**upang ihiwalay niya ang alaala sa kanila sa lupa.**
**16 Sapagkat hindi niya naalaalang magpakita ng kaawaan,**
**kundi hinabol ang dukha at mapagkailangan,**
**at ang may bagbag na puso, upang patayin.**
**17 Oo, kaniyang inibig ang sumpa, at dumating sa kaniya;**
**at hindi siya nalulugod sa pagpapala, at malayo sa kaniya.**
**18 Nagsusuot naman siya ng sumpa na parang kaniyang damit,**
**at nasok sa kaniyang mga loob na bahagi na parang tubig,**
**at parang langis sa kaniyang mga buto.**
**19 Sa kaniya'y maging gaya nawa ng balabal na ibinabalabal,**
**at gaya ng bigkis na ibinibigkis na lagi.**
**20 Ito ang kagantihan sa aking mga kaaway na mula sa Panginoon,**
**at sa kanilang nangagsasalita ng kasamaan laban sa aking kaluluwa.**

**109:14-15** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa dalawang aklat (i.e., ang aklat ng mga gawa at ang aklat ng buhay) na sumasagisap sa alaala ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Dalawang Aklat.

**109:17-19** Ang mga sumpa ay tumukoy sa mga panalangin para sa pagpaparusa ng Diyos. Ang salmista ay nakikiusap para sa panalangin ng kaniyang taga-usig sa paghihiganti na bumalik sa kanilang mga sarili. Sa OT, kung ang isa ay natagpuan bilang isang bulaang saksi sa hukuman, siya ang magtataglay ng kaparusahan ng isang pinaparatangan na kabulaanan.

**109:20** Ito ay isang buod na pagwawakas sa Awit 109:6-19. Ito maaaring kasama ng 109:6-19 (i.e.,

NASB, NKJV) o ng susunod na istropa (cf. NRSV, TEV, NJB).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 109:21-25**

**21Ngunit gumawa kang kasama ko, Oh Diyos na Panginoon, alang-alang sa iyong pangalan:**
**sapagkat ang iyong kagandahang-loob ay mabuti, iligtas mo ako,**
**22Sapagkat ako ay dukha at mapagkailangan,**
**at ang aking puso ay nasaktan sa loob ko.**
**23Ako ay yumayaong gaya ng lilim pagka kumikiling:**
**ako ay itinataas at ibinababa ng hangin na parang balang.**
**24Ang aking mga tuhod ay mahina sa pagaayuno,**
**at ang aking laman ay nagkukulang ng katabaan.**
**25Ako nama'y naging kadustaan sa kanila:**
**pagka kanilang nakikita ako, kanilang pinagagalawgalaw ang kanilang ulo.**

**109:21 "alang-alang sa Iyong pangalan"** Ito ay isang inuulit na paksa (cf. Awit 23:3; 25:11; 31:3; 79:9; 106:8). Ang pangalan ay nagpapakilala ng persona. Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

**109:24** Ang talatang ito ay maaaring ipaliwanag sa dalawang paraan (tingnan ang UBS *Handbook*, p. 944).

1. ang salmista ay kusang nag-aayuno
2. ang salmista ay walang
    a. maayos na pagkain
    b. langis ng olibo para sa pagpapahid

**109:25 "pinagagalawgalaw ang kanilang ulo"** Ito ay isang pagkilos ng paghamak (cf. 2 Mga Hari 19:21; Job 16:4; Awit 22:7; Isaias 37:22; Jeremias 18:16; 48:27; Panaghoy 2:15; Mateo 27:39; Marcos 15:29).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 109:26-29**

**26Tulungan mo ako, Oh Panginoon kong Diyos;**
**Oh iligtas mo ako ayon sa iyong kagandahang-loob:**
**27Upang kanilang maalaman na ito'y iyong kamay;**
**na ikaw, Panginoon, ang may gawa.**
**28Sumumpa sila, ngunit magpapala ka:**
**pagka sila ay nagsibangon, sila ay mangapapahiya,**
**ngunit ang iyong lingkod ay magagalak.**
**29Manamit ng kasiraang puri ang mga kaaway ko,**
**at matakpan sila ng kanilang sariling kahihiyan na parang balabal.**

**109:27** Ito ay isang karaniwang paksa ng OT sa pagkabaliktad ng tungkulin. Nais ng salmista na ipagtanggol ni YHWH sa harapan ng kaniyang mga kaaway (cf. Awit 23:5).

**109:28 "Iyong lingkod"** Ang PANGNGALAN na "lingkod" (BDB 713) ay maaaring gamitin sa

1. isang alipin
2. mga napapailalim sa isang hari
3. mga sumasamba (cf. Deuteronomio 32:36,43)
4. mga levitang mang-aawit (cf. Awit 113:1; 134:1; 135:1)
5. Israel (cf. Isaias 41:8-9)
6. BDB 714, #6, ay nagmumungkahi na ang paggamit dito ay isang pagalang lamang na

pananalita sa Diyos (cf. Awit 19:11,13; 27:9; 31:16; 35:27; 69:17; 143:2)

7. NASB Study Bible (p. 856) ay nakikita ito bilang isang sanggunian sa Mesias na galing kay David (cf. Awit 78:20; Isaias 42:1)
8. natatanging titulo para sa mga pinuno
   a. Abraham – Genesis 26:24
   b. Isaac – 24:14
   c. Jacob – Ezekiel 28:25; 37:25
   d. Moises – Bilang 12:7; Deuteronomio 34:5
   e. Josue – Joshue 24:29 (after kaniyang kamatayan)
   f. David – 2 Samuel 3:18; 7:5,8,26

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 109:30-31**

**30 Ako ay magpapasalamat ng marami ng aking bibig sa Panginoon;**
**Oo, aking pupurihin siya sa gitna ng karamihan.**
**31 Sapagkat siya ay tatayo sa kanan ng mapagkailangan,**
**upang iligtas sa kanilang nagsisihatol ng kaniyang kaluluwa.**

**109:30-31** Ang salmista ay pinupuri si YHWH para sa Kaniyang katapatan at katarungan.

1. Ako ay magpapasalamat ng marami sa Panginoon – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
2. Aking pupurihin siya – BDB 237, KB 248, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan

**109:31 "Sapagkat siya ay tatayo sa kanan ng mapagkailangan"** Ito ay sa tuwirang kaibahan sa masamang taga-usig ng Awit 109:6. Ang katulad na parirala ay ginamit kay Satanas sa Zacarias 3:1.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang ipinapahiwatig ng katahimikan ng Diyos?
2. Itala ang mga pagkilos ng masama.
3. Bakit maraming mga tagapagpaliwanag ang nag-iisip na mga kaaway ay mga malapit na kaibigan?
4. Paano maipapaliwanag ang pagnanais para sa karahasan laban sa ibang tao?
5. Paano maiuugnay ang Awit 109:14 sa konsepto ng aklat ng buhay?

# AWIT 110

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panginoon ang nagkaloob ng Pangingibabaw sa Hari<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David | Pagpapahayag ng Paghahari ng Mesias | Ipinangako ng Panginoon ang Tagumpay sa Kaniyang Hari<br>(Maharlikang Awit) | Ang Panginoon at Kaniyang Piniling Hari | Ang Saserdoteng Mesias |
| 110:1-3 | 110:1-2 | 110:1 | 110:1-3 | 110:1 |
| | | 110:2-4 | | 110:2 |
| | 110:3-4 | | | 110:3 |
| 110:4-7 | | | 110:4 | 110:4 |
| | 110:5-7 | 110:5-7 | 110:5-7 | 110:5-7 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Mahirap maipaliwanag ang Awit na ito dahil hindi natin alam ang tiyak na pangkasaysayang kalagayan. Mayroong ilang katibayan mula sa di-orihinal, di-kinasihang titulo ng Awit na ito, "Isang Awit ni David." Ang pagpapatibay ni Hesus nito sa Mateo 22:41-46; Marcos 12:35-37; Lucas 20:41-44; at marami pang ibang lugar sa NT, ay nagpapakita hindi lamang ang kahalagahan ng ng Awit na ito, ngunit gayundin, ang pangkasaysayang kalalagayan minsan sa buhay ni David. Ang Awit na ito ay sinipi sa NT na higit sa iba pang Awit (i.e., ito ay nakita bilang pang-Mesias at tuwirang tumutukoy kay Hesus sa isang eskatolohikong kalalagayan). Ang ilan ay ipinagpapabalay na ang pinaka akmang pangkasaysayang kalalagayan sa buhay ni David ay ang kaniyang pagtugon sa kagilagilalas, kahanga-hangang pangako ng Diyos sa 2 Samuel 17:12-16. Ang iba ay ipinapalagay na ang mga ito ay mga salita ni David sa kaniyang katandaan matapos na si Solomon ay putungan bilang hari. Ang dahilan para dito ay ang pagtawag sa kaniya ni David na, "aking panginoon," na lubhang di-karaniwan.

B. Isa pang susi sa pagpapaliwanag ng mga Awit, bukod sa pangkasaysayang kalalagayan, ay sa paghahanap ng lohikong pagpapatuloy/proseso sa kaisipan ng may-akda—para sa atin bilang mga taga-kanluran, ito ay ginawa sa pamamagitan ng pagbabalangkas ng mga paghahati ng mga talata. Ang mga pampanitikang yunit na ito ay di-kinasihan, ngunit sila ay pantulong sa atin upang subukang mahanap ang lohiko at pampanitikang ugnayan sa pagitan ng mga talata. Ang New American Standard Bible (NASB) at ang New International Version (NIV) ay hinahati ang Awit na ito sa mga talatang 1-3 at 4-7. Gayunman, ang Revised Standard Version (RSV) ay hinahati ito sa mga talatang 1-4 at 5-7. Ang bagong salin ng Jewish Publication Society of America (JPSOA) hinahati ang Awit na ito sa talata 1 sa kanyang sarili, pagkatapos ay magkakaagapay na mga dalawahan: mga talata 2 at 3, 4 at 5; 6 at 7. Ito ay tila na si Dr. Kidner, *OT Tyndale Commentary Series*, ay may pinakamagaling na maaaring balangkas ng Awit na ito. Siya ay nagpapahayag na may dalawang sipi sa pamamagitan ng Diyos: mga talata 1 at 4. Ngayon, ang tunggalian na dinulot ng mga pahayag ng Diyos ay inilalarawan sa mga talata 2 at 3 at 5-7. Awit 110:5-7 ay hindi talaga kaugnay sa 110:9, ngunit higit na nauugnay sa 110:2 at 3.

C. Ang mga lugar sa NT na sinisipi o binabanggit sa Awit 110.
1. Awit 110:1a – Mateo 22:44; Marcos 12:36; Lucas 20:42,43; Mga Gawa 2:34,35; Hebreo 1:13
2. Awit 110:1b – Mateo 26:64; Mga Gawa 7:55,56; taga-Roma 8:34; taga-Efeso 1:20; taga-Colosas 3:1; Hebreo 1:3; 8:1; 10:12; 12:2
3. Awit 110:1c – 1 taga-Corinto 15:25; taga-Efeso 1:22; Hebreo 10:13
4. Awit 110:4 – Hebreo 5:6; 6:20; 7:17,21
5. Awit 110:5c – taga-Roma 2:5; Pahayag 6:17

D. Dalawa sa pinakamahirap na mga talata sa Hebreo ay Awit 110:3 at 7. Salamat dahil wala silang mahalagang lugar sa pangkalahatang pagpapaliwanag ng Awit na ito. Pakitingnan ang mga saling makikita upang iyong itala ang mga malawak na pagkakaiba na ginugol na mga tagapagsalin upang mahuli nag diwa ng mga mahirap na Hebreong talata.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 110:1-3**

**1Sinabi ng PANGINOON sa aking Panginoon,**
**umupo ka sa aking kanan,**
**hanggang sa aking gawing tungtungan mo ang iyong mga kaaway.**
**2Pararatingin ng Panginoon ang setro ng iyong kalakasan mula sa Sion:**
**magpuno ka sa gitna ng iyong mga kaaway.**
**3Ang bayan mo ay naghahandog na kusa sa kaarawan ng iyong kapangyarihan,**
**sa kagandahan ng kabanalan: mula sa bukang liwayway ng umaga,**
**ikaw ay may hamog ng iyong kabinataan.**

**110:1 "Sinabi ng PANGINOON"** Pansinin na ang salitang "PANGINOON" lahat ay nasa malaking titik, samakatuwid, ito ay tumutukoy sa pangkasunduang pangalan para sa Diyos, si YHWH, na isang anyo ng ang Hebreong PANDIWA na, "maging" (cf. Exodo 3:14, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos). Ito ay ang Kasunduang Diyos na nagsasalita.

▣ **"sa aking Panginoon"** Ang pangalawang termino para sa Panginoon ay mayroon lamang na malaking "P" at, samakatuwid, ay nagpapakilala ng Hebreong *Adonai* ("aking Panginoon"). Ang Hebreong PANGNGALAN (BDB 101) ay nangangahulugang "may-ari," "asawang lalaki," "panginoon," "amo."

Maliwanag ito na isang sanggunian sa Mesias (tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias).

▣ **"umupo"** Ang terminong ito "umupo" (BDB 442, KB 444, *Qal* PAUTOS) ay makikita sa iba't-ibang paraan. Ito ay makikita na tila, sa konteksto, ito ay tumutukoy sa lugar ng karangalan sa piling ng trono ni YHWH. Kung yan ang konteksto, masasabi natin ang isang kasamang pinuno ni YHWH, at kung iyan ay totoo, ito ay isang matibay na implikasyon ng pagka-Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad at Natatanging Paksa: Ang Pagka-Diyos ni Kristo mula sa OT.

Kung "umupo" ay tumutukoy sa natapos na gawain ng saserdote/hari, na tila isang pagkabanggit na hinango sa Hebreo 1:2-3; 10:12-13, kung gayon, ang "umupo" ay isang sanggunian sa isang natapos na pangsakripisyong gawain at pamumuno ng Mesias/Punong Saserdote (cf. Zacarias 3-4).

▣ **"sa aking kanan"** Ito ay isang antropomorpikong parirala na nagpapahayag ng pinakamalakas na bisig ng katawan ng tao. Karamihan ng mga tao ay kanan, samakatuwid, ang bisig ay ginamit bilang isang simbolo ng karangalan, kapangyarihan, awtoridad, o kadakilaan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Diyos na Inilalarawan bilang Tao.

▣ **"hanggang"** Ang PANG-UKOL (BDB 723 III) ay isa pang di-tiyak na salita para sa akin dahil ito na tila nagpapahiwatig na ito ay lugar ng karangalan at kapangyarihan sa kanang kamay ng Diyos ay limitado sa panahon hanggang maganapa ng ilang mga pangyayari, ngunit ito ay may isang malawak na semantikong pagkagamit. Ang pamumuno ng Mesias ay magiging pamumuno ng Ama (cf. 1 taga-Corinto 25:24-25).

Gayunman, ang katulad na Hebreong pangkatinig na terminong ay maaaring mulin maisatinig bilang salitang, "luklukan." Sa kaunawaang ito, ang PANDIWA "gawin" ay may dalawang AKUSATIBO O MGA LAYON, "luklukan" at "tungtungan." Natutunan natin mula sa mga larawan sa pader at mga inukit sa Asirya na ang trono at mesa ng hari ay nagpapahinga sa mga likod ng alipin at maaaring pagkabanggit sa ang pariralang ito sa Awit 110:1.

▣ **"tungtungan ang iyong mga kaaway"** Muli, ito ay isang maliwanag na sinaunang Silangang talinghaga para sa tagumpay laban sa mga kaaway (cf. Joshue 10:24).

**110:2 "Pararatingin ng Panginoon ang setro ng iyong kalakasan mula sa Sion"** Mayroong maraming paraan upang isalin ang talatang ito, ngunit ito ay maliwanag na tayo ay nagpapahayag ng pangkalahatang paghahari ni YHWH, na kumikilos mula sa Herusalem sa mga konsentrikong kabilugan, upang masaklaw ang lahat na sa mundo. Mayroong maraming mga pagkabanggit sa OT pangyayaring ito. Ito ay tila nagpapahayag ng isang paghahari ng Mesias bilang kinatawan ni YHWH.

Ang terminong "cetro" (BDB 641) sa orihinal ay tumutukoy sa anumang gawa mula sa kahoy.

1. isang pamalo para sa digmaan
2. isang tungkod para sa pagpapastol

Ito ay naging simbolo ng pamumuno at kapangyarihan. Sa isang konteksto ng paghahari ni YHWH, ito ay maaari paring tumukoy sa pamumuno at kapangyarihan ni YHWH sa pamamagitan ng isang kinatawang pinuno (i.e., tungkod ni Moises, cf. Exodo 4; 7).

▣ **"magpuno ka sa gitna ng iyong mga kaaway"** Ang PANDIWA na "mamuno" (BDB 921 I, KB 1190, *Qal* PAUTOS) ay isang lubhang napakalakas na termino (i.e., "pamamahala," cf. Daniel 7:13-14). Ito ay katulad sa Awit 2 (lalo na Awit 2:9). Ang Awit 2 ay may malaking papakakatulad sa Awit 110.

1. kapwa kinapapalooban ni YHWH at Kaniyang Mesias
2. kapwa kinapapalooban ng tunggalian ng mga kaharian ng mundo

**110:3 "Ang bayan mo ay naghahandog na kusa sa kaarawan ng iyong kapangyarihan"** Pansinin ang pagkakaiba sa kung paano nakikitungo ang Mesias sa Kaniyang mga kaaway at paano nagsasama-sama ang mga tao ng Mesias para sa Kaniyang layunin. Ito ay katulad sa kusang-loob na hukbo ng Mga

Hukom 5:2. Ang pariralang ito, “naghahandog na kusa,” ay pangunahing ginamit para sa malayang ibinigay na kaloob

1. para sa pagpapatalyo ng tabernakulo o templo sa susunod
2. ng mga handog sa templo

Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa taga-Roma 12:1, kung saan ang mga mananampalataya ay pinagkakaloob ang kanilang mga katawan bilang isang buhay na hain sa Diyos. Ito ay isang napakagandang larawan ng pagtatalaga ng bayan ng Diyos sa Mesias.

Ang UBS Text Project (p. 393) ay nagmumungkahi ng isang pagbabago sa mga patinig upang makabuo ng

1. “ikaw ay nagkaloob ng mga mala-prinsipeng regalo” – NEB
2. “nakuha mo ang paggalang ng iyong bayan” – REB

Gayunman, ang UBS ay binibigyan lamang ang opsyon na ito ng “C” na antas (malaking pagduruda). Ang JPSOA ay isinasalin ang parirala na “Iyong bayan ay kusang lumalapit sa araw ng digmaan,” na sumusunod sa MT.

▣ **“sa kagandahan ng kabanalan”** Mayroong dalawang magkaibang paraan sa pagtingin ng talatang ito. “kagandahan ng kabanalan” ay ang salin na sinusundan ng Masoretikong Text (MT) at ang Septuagint (LXX). Gayunman, ang ilang mga salin ay binago ang isang Hebreong “d” sa isang “r” at isinalin ito na “ang mga bundok ng kabanalan,” at ito ay sinundan ng Symmachus na salin ng Hebreo, salin ni Jeronimo, at RSV. Ang UBS Text Project (p. 394) ay binibigyan ang opsyon na ito ng isang “C” na antas (malaking pagduruda).

▣ **“sa kagandahan ng kabanalan”** Ito ay di-tiyak kung ito ay isang paglalarawan ng

1. ang Mesias mismo
2. Kaniyang hukbo
3. isang talinghaga ng pagpapayabong at kawalang-hanggan

Habang ang hamog ay dumarating sa bukang-liwayway bawat umaga sa maraming malalagong mga bahagi ng Palestina, maraming mga tagapagpaliwanag ang nagpapahayag na ito ay isang talinghaga para sa kasaganahan.

Ito ay isang mahirap intindihing talata.

▣

**NASB** **“Iyong kabataan”**
**NKJV, NJB,**
**REB** **“ng Iyong kabataan”**
**NRSV** **“iyong kabataan ay darating sa iyo”**
**JPSOA** **“ng kabataan”**
**LXX** **“Aking dadalhin sa’yo”**

Ang UBS Text Project (p. 396) ay nagmumungkahi isang pagbabago ng mga patinig na nagbunga sa “iniluwal ko kayo” (cf. LXX, Peshitta, Vulgata; tingnan ang NIDOTTE, tomo 2, p. 124, #11), ngunit binibigyan ang mungkahi ng isang “C” na antas (malaking pagduruda), gayunman, pinili ito kaysa MT. Ang LXX ay tinatanggap ang ילדתיך bilang isang anyo ng PANDIWA ילד (BDB 408) “kayanin” o “dalhin.” Ang “kabataan” ay nanggaling sa PANDIWA na ito, ילדות (cf. NIDOTTE, tomo 2, p. 455).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 110:4-7**

**4 Sumumpa ang Panginoon, at hindi magbabago ng kaniyang isip,**
**Ikaw ay saserdote magpakailan man**
**ayon sa pagkasaserdote ni Melchisedech.**
**5 Ang Panginoon sa iyong kanan**
**ay hahampas sa mga hari sa kaarawan ng kaniyang poot.**

| |
|---|
| [6]**Siya ay hahatol sa gitna ng mga bansa,**<br>**kaniyang pupunuin ng mga bangkay ang mga pook;**<br>**siya ay manghahampas ng pangulo sa maraming lupain.**<br>[7]**Siya ay iinom sa batis sa daan:**<br>**kayat siya ay magtataas ng ulo.** |

**110:4 "Sumumpa ang Panginoon"** Ang PANDIWA (BDB 989, KB 1396) ay isang *Niphal* GANAP. Ito ay isang napakalakas na paraan ng paghahaya na ang sinasabi ng Diyos ay totoo at palaging magiging totoo! Pakibasa ang Hebreo 6:16-18, kung saan sinasabi ng Diyos ang dalawang di-nagbabagong bagay ay Kaniyang mga pangako at Kaniyang sumpa. Ang ating saligang pagtitiwala ay sa pagkamapagkakatiwalaan ng Diyos; kapag Siya ay nagwika at nangako, anuman ang Kaniyang sinasabi ay mapagkakatiwalaan.

Ang "sumumpa" sa Awit 110:4 ay kaagapay ng "sinabi" sa 110:1.

▣ **"at hindi magbabago ng kaniyang isip"** Ito ay isa pang antropomorpikong parirala (sa literal, "magsisi," BDB 636, KB 688, *Niphal* DI-GANAP) na gumagamit ng paghahalintulad ng pagsisisi o paglubag upang ilarawan kung ano ang hindi gagawin ng Diyos (cf. Hebreo 7:21).

Ang paksa ay maliwanag na si YHWH. Ang isa ay gustong malaman kung ang ibang MGA PANGHALIP ng Awit 110:5-7 ay tumutukoy sa matagumpay, makapangyarihang YHWH o Kaniyang kinatawan sa mundo (i.e., ang hari ng Kaniyang kasunduang bayan).

▣ **"Ikaw ay saserdote magpakailan man**
**ayon sa pagkasaserdote ni Melchisedech"** Ang Jewish Publication Society of America (JPSOA) ay isinalin ito na, "ikaw ay isang saserdote magpakailan man, isang matuwid na hari sa aking kautusan." Ang "pagkasaserdote ni Melchisedech" ay mauunawaan sa maraming paraan.

1. ang kaniyang pangalan ay nangangahulugang, "hari ng katuwiran"
2. ang kaniyang lungsod ay makikita, i.e., Herusalem
3. siya ay ang tanging tao sa OT na kapwa hari at saserdote

Ang pagtalakay sa NT tungkol kay Melchisedech ay matatagpuan sa Hebreo (cf. Hebreo 5:6,10; 6:20; 7:1,10,11,15,17). Ang tala sa OT ay matatagpuan sa Genesis 14:18-20. Melchisedech ay ginamit dahil ibinigay ni Abraham ang ikapu sa kaniya (i.e., Genesis 14:20), samakatuwid, sa Hudyang pagtataya, siya ay isang lalong hight na pagkasaserdote sa pang-Hudyong pagkasaserdote (tingnan ang Natatanging Paksa: Melchisedech).

1. siya ay mula sa pangunahing lungsod
2. siya ay may tamang pangalan
3. siya ay nagtataglay ang tamang posisyon: saserdote/hari

▣ Pansinin ang paggamit ng salitang "magpakailan man" (tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman ([*'olam*]). Ito ay nagpapahiwatig ng isang eskatolohikong kalalagayan, persona, at tagumpay! Kung ang NT ay kinasihan (at ito nga!), ang Awit na ito ay tumutukoy na tiyakan kay Hesus ng Nazareth!

**110:5 "Ang Panginoon sa iyong kanan"** Ito ay naiibang paglalarawan mula sa Awit 110:1b. Sa aking palagay, walang tunay na teolohikong kubuluhan sa pagkakaiba. Nangangahulugan lamang ito na ang Mesias ay bibigyan ng kapangyarihan, itataguyod, at papalakasin ni YHWH mismo (cf. Awit 110:4).

**110:5,6c "hahampas sa mga hari sa kaarawan ng kaniyang poot"** Ang mga hari ay ginamit dito bilang isang daan upang tumukoy sa tagumpay ng Diyos laban sa mga hukbo ng mga Hentil (tingnan, "mga hari, 110:5; "ang mga bansa," 110:6; "ang pangulo," 110:7 nagpapahiwatig ng pangkalahatang paglalarawan; NRSV ay may "malawak na mundo" sa 110:6c). Ang katulad na eskatolohikong paghaharap

ay makikita sa Awit 2 at Pahayag 19:11-21.

**110:6 “Siya ay hahatol sa gitna ng mga bansa”** Ito ay pagkabanggit sa isang eskatolohikong kalalagayan. Muli, ito ay Diyos na nakikitungo sa buong mundo, kapwa sa kahatulan at, bagaman ito ay pahiwatig at hindi inihayag, sa kahabagan.

**110:7** Ang talatang ito ay mahirap maunawaa sa Hebreo, lubhang mahirap na ang ilang mga iskolar ay ikinatuwiran na nawala natin ang isang bahagi ng teksto. Anuman ang eksaktong kahulugan, ito ay maliwanag na isang simbolo ng tagumpay (i.e., ginapi ng Diyos ang lahat silang sumasalungat sa Kaniya). Ang talinghaga ay tila makukuha mula sa kaisipan ng isang tumatakas, talunang kaaway at isang humahabol na tagumpay na may manahon sa pagpapanariwa sa kaniyang saril sa pagtawid sa mga tubig, samakatuwid, pagpapanumbalik ng kaniyang kalakasan. Ang iba pang maaaring paliwanag sa, “magtataas ng ulo,” ay matatagpuan sa Awit 3:3 at 27:6, kung saan ito Mesias ng Diyos bilang matuwid na Hukom na itinataas ang ulo ng Kaniyang bayan, upang sila ay kilalanin. Alinman sa pagkabanggit ang pakahulugan, (1) ang kalakasan at pwersa ng Mesias o (2) Kaniyang pagkilos ng kahabagan sa Kaniyang sariling baya at ang paggapi sa lahat na kaaway, ay di-tiyak sa teksto.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit kapwa sinipi ni Hesus at Kaniyang mga Apostol ang Awit na ito na mas madalas kaysa iba?
2. Ano ang kahalagahan ng isang tuwirang sipi ng Diyos sa Awit 110:1 at 4?
3. Saan sa Awit na ito makikita natin ang pagkabanggit sa Mesias bilang propeta, saserdote, at hari?
4. Bakit may napakaraming iba’t-ibang mga salin ang Awit 110:3 at 7?

# AWIT 111

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Panginoon ay Purihin sa Kaniyang Kabutihan<br>Walang Panimula sa MT | Purihin ang Diyos dahil sa Kaniyang Katapatan at Hatol | Imno ng Pagpuri sa Pangi-noon sa Kaniyan Dakilang mga Gawa | Sa Pagpupuri sa Panginoon | Sa Pagpupuri sa mga Gawa ni Yahweh |
| 111:1-6 | 111:1 | 111:1-10 | 111:1a | 111:1a |
| | | | 111:1b-3 | 111:1b-2 |
| | 111:2-6 | | | |
| | | | | 111:3-4 |
| | | | 111:4-6 | |
| | | | | 111:5-6 |
| 111:7-10 | 111:7-9 | | 111:7-10 | 111:7-8 |
| | | | | 111:9-10 |
| | 111:10 | | | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang mga Awit 111 at 112 ay akrostiko, pangkarunungang salmo. Ang bawat isang linya ng panulaan ay nagsisimula sa susunod na titik ng Hebreong alpabeto. Ang akrostiko ay nagsisimula sa Awit 111:1b.

B. Ang dalawang Awit ay inuugnay din ang pariralang, "Kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man," na makikita lamang sa Salmo sa Awit 111:3 at Awit 112:3,9.

C. Ang Awit 111 ay nagpupuri kay YHWH, habang ang Awit 112 ay nagpupuri sa matapat na mga

taga-sunod ni YHWH.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 111:1-6**
**1Purihin ninyo ang Panginoon.**
**Ako ay magpapasalamat sa Panginoon ng aking buong puso,**
**sa kapulungan ng matuwid, at sa kapisanan.**
**2Ang mga gawa ng Panginoon ay dakila,**
**siyasat ng lahat na nagtatamo ng kaligayahan diyan.**
**3Ang kaniyang gawa ay karangalan at kamahalan:**
**at ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man.**
**4Kaniyang ginawa ang kaniyang mga kababalaghang gawa upang alalahanin:**
**ang Panginoon ay mapagbiyaya at puspos ng kahabagan.**
**5Siya ay nagbigay ng pagkain sa nangatatakot sa kaniya:**
**kaniyang aalalahaning lagi ang kaniyang tipan.**
**6Kaniyang ipinakilala sa kaniyang bayan ang kapangyarihan ng kaniyang mga gawa,**
**sa pagbibigay niya sa kanila ng mana ng mga bansa.**

**111:1 "Purihin ang Panginoon"** Ito ay ang salin ng Hebreong, "hallelujah." Ito ay binubuo ng PANDIWA na "purihin" (BDB 237 II, KB 248, *Piel* PAUTOS) at "*Yah*" (BDB 219). Ito ay nagpapakilala isang pagsambang kalalagayan at ginamit na pangliturhiya sa pagsisimula o pagwawakas ng maraming mga Awit (i.e., Awit 102:18; 104:35; 105:45; 106:1,48; 111:1; 112:1; 113:1,9; 115:17,18; 116:19 at dalawampu't-isang beses na higit).

Ang liturhikong aspeto ay pinatunayan ng Awit 111:1c.

Ito unang linya ay hindi bahagi ng akrostiko ngunit nagsisilbing isang titulo sa Awit na ito.

▣ **"Panginoon"** Ito ay ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos ng Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣ **"Ako ay magpapasalamat sa Panginoon"** Pansinin ang pagkakaagapay sa linya 1, magkaibang anyo ngunit katulad na konsepto.

1. hallelujah – BDB 237, KB 248, *Piel* PAUTOS
2. magpasalamat – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan

▣ **"ng aking buong puso"** Ito ay isang Hebreong wikain ng lubusang pagtatalaga (cf. Awit 9:1; 86:12; 138:1). Para sa "puso" tingnan ang Natatanging Paksa: Puso.

▣ **"sa kapulungan ng matuwid, at sa kapisanan"** Ang pariralang ito ay maaaring tumukoy sa

1. isang pangkat ng mga sumasamba sa templo
2. dalawang pangkat (cf. Awit 107:32)
    a. isang pangkat ng mga pinuno (cf. Exodo 3:16)
    b. ang malaking nananambahang pangkat

**111:2-6** Pansinin ang pagkakaagapay sa pagitan ng

1. Ang mga gawa ng Panginoon ay dakila, Awit 111:2a
2. Ang kaniyang gawa ay karangalan at kamahalan, Awit 111:3a (cf. Awit 96:6; 104:1)
3. ang kaniyang mga kababalaghang gawa upang alalahanin, Awit 111:4a
4. Kaniyang ipinakilala sa kaniyang bayan ang kapangyarihan ng kaniyang mga gawa, Awit

111:6a
Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kahanga-hangang Bagay upang makita ang iba't-ibang paraan ng paghahayag ni YHWH sa Kaniyang sarili sa pamamagitan ng Kaniyang mga gawa at mga salita.

**111:2b** Bilang isang guro/mangangaral, ang parirala ay nagpapahayag nang lubhang malakas sa akin na "ang mga kapahayagan ng Diyos ay mahahanap ng lahat na ngunit kailangang pag-aralan/pag-isipan at isasabuhay" (cf. Awit 111:10b; Ezra 7:10)! Kayo ba ay nagagalak sa kanila, ipinamumuhay sila, itinuturo sila?

**111:3b "Kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man"** Ang pariralang ito ay inulit sa Awit 112:3,9, at wala saanman sa ganitong mga salita. Ito ay nagpapahiwatig na mga Awit 111 at 112 ay isinulat ng iisang tao.

Para sa ang inuulit na konsepto ng katuwiran ni YHWH, tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran.

Ang PANDIWARI na "nananatili" (BDB 763, KB 840) ay ginamit din sa kapahayagan ng Diyos sa Awit 19:9. Ipinapahayag ni Hesus ang inspirasyon at kawalang-hanggan sa Mateo 5:17-19!

**111:4b** Isa sa mga napakahalagang tanong pagkatapos na manampalataya sa Diyos ay, na ang katulad Niya? Ano ang Kaniyang kalikasan? Ang pariralang ito ay nagpapakilala ng paglalarawan sa OT ng Diyos ng Israel (cf. Exodo 34:6-7; Bilang 14:18; Deuteronomio 4:31; Nehemiah 9:17; Awit 86:15; 103:8; 145:8). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel.

**111:5-6** Ang mga talatang ay naglalarawan ilang mga bagay na ginawa ng Diyos.

1. nagkakaloob ng pagkain sa kanila na natatakot/humahanga sa Kaniya (i.e., Exodo at Mga Bilang; Mateo 6:11,31-33)
2. inaalala ang Kaniyang kasunduan magpakailan man (i.e., ito ay tumutukoy sa Kaniyang mga pangako sa mga Patriyarka, cf. Genesis 12; 15; 18; 22; Awit 105:8; tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan)
3. ipinakilala ang Kaniyang sarili sa Kaniyang bayan (cf. Awit 19:7-12)
4. ipinagkaloob ang Kaniyang bayan sa mga bansa para sa isang pamana
   a. sa isang pang-Mesias na kaunawaan sa Awit 2:8; 67:7
   b. sa isang pagsakop sa Canaan na kaunawaan sa Genesis 15:12-21

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 111:7-10**

**7 Ang mga gawa ng kaniyang mga kamay ay katotohanan at kahatulan:**
**lahat niyang mga tuntunin ay tunay.**
**8 Nangatatatag magpakailan-kailan man,**
**mga yari sa katotohanan at katuwiran.**
**9 Siya ay nagsugo ng katubusan sa kaniyang bayan;**
**kaniyang iniutos ang kaniyang tipan magpakailan man:**
**banal at kagalanggalang ang kaniyang pangalan.**
**10 Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan;**
**may mabuting pagkaunawa ang lahat na nagsisisunod ng kaniyang mga utos.**
**Ang kaniyang kapurihan ay nananatili magpakailan man.**

**111:7-10** Ang istropang ito ay nagpapatibay ng pagkamapagkakatiwalaan ng Diyos at ng Kaniyang kapahayagan/mga pangako. Ipinagpapauna nito ang Awit 119 at ipinapakilala ang Awit 19.

Pansinin ang mga paraan ng paglalarawan sa mga kapahayagan ng Diyos.

1. katotohanan at katarungan (cf. Awit 19:9)
2. tiyak (cf. Awit 19:7; 93:5)
3. pinagtibay magpakailan-kailan man (cf. Awit 19:9)

4. ipinapatupad sa katotohanan at katuwiran

Pansinin ang mga paraan ng paglalarawan ng Diyos mismo.

1. Ipinadala Niya ang katubusan sa Kaniyang bayan
2. Itinadhana Niya ang Kaniyang kasunduan magpakailan man
3. Siya ay banal at nakamamangha

Pansinin ang iba't-ibang mga salita na ginamit sa paglalarawan ng Kaniyang mga kapahayagan.

1. mga tuntunin – BDB 824 (cf. Awit 19:8)
2. ipinag-utos – BDB 845 (cf. Awit 19:8; ginamit ang PANGNGALAN, BDB 846)
3. pagkatakot – BDB 432 (cf. Awit 19:9)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino na Ginamit para sa Kapahayagan ng Diyos.

**111:7 "Kaniyang mga kamay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Diyos na Inilalarawan bilang Tao (antropomorpismo).

▣ **"katotohanan"** Ang pambabaeng PANGNGALAN (BDB 54) ay makikita sa Awit 111:7 at 8. Ito sa literal ay "katapatan." Ang katulad na Hebreong ugat (BDB 54) ay binubuo ang salitang "tiyak" (BDB 52, *Niphal* PANDIWARI) sa Awit 111:7 (cf. Awit 19:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT.

**111:8 "magpakailan-kailan man"** Ang Hebreong wikaing ito ng pananatili ay binuo ng

1. magpakailan man – BDB 723 I (cf. Awit 111:3,8; 112:3,9)
2. at kailanman – BDB 761 (cf. Awit 111:9; 19:9; tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman [*'olam*])

**111:9 "katubusan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pangtubos/Katubusan

▣ **"banal"** "Banal" (BDB 872) at "nakamamangha" (BDB 431) ay makikitang magkasama sa Awit 99:3. Tingnan ang Natatanging Paksa: Banal.

▣ **"kagalanggalang"** Ito ang karaniwang Hebreong PANDIWA na "matakot" (BDB 431, KB 432, *Niphal* PANDIWARI). Ito ay ginamit

1. ni YHWH mismo – Deuteronomio 7:21; 10:17,21; Nehemiah 1:5; 4:14; 9:32; Awit 47:2; 68:35; 76:7; Daniel 9:4
2. sa Kaniyang mga gawa – Awit 65:5; 66:3,5; 106:22; 145:6
3. sa nararapat na pagtugon ng Kaniyang bayan – Deuteronomio 4:10; 5:5; 6:2,13,24; 10:12,20; 13:11; 14:23; 17:13,19; 19:20; 21:21; 25:18; 28:58; 31:12; Joshue 4:24
4. sa mga Hentil – Deuteronomio 28:10; Joshue 4:24; 9:24; Awit 67:7

**111:10a** Ito ang unang prinsipyo at ang sentrong paksa ng Kawikaan (cf. Kawikaan 1:7; 9:10), tingnan din ang sa internet sa Ecclesiastes 12:13.

**111:10b** Pansinin na ang pakaalam ng kapahayagan ng Diyos ay humihingi ng pagsunod dito/sa kanila! Ang biblikal na pananampalataya ay hindi lamang isang teolohikong doktrina na dapat pagtibayin ngunit isang pamumuhay (cf. Mateo 7:13-27; taga-Efeso 2:8-9,10).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa

liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang "kapisanan" na tinutukoy sa Awit 111:1c?
2. Ang Awit ba ay tiyakang sinasabi sa na ang "mga gawa ng Panginoon" ay pinapapurihan?
3. Ano ang kaugnayan ng Awit 111:4b sa Exodo 34:6-7?

# AWIT 112

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kasaganahan sa Siyang may Takot sa Panginoon<br>Walang Panimula sa MT | Ang Pinagpalang Kalagayan ng Matuwid | Ang Paghahambing ng Kahihinatnan ng Matuwid at ng Masama<br>(Pagkarunungang Awit) | Ang Kaligayahan ng isang Mabuting Tao | Pagpupuri ng Matutuwid |
| 112:1-6 | 112:1a | 112:1-3 | 112:1a | 112:1a |
| | 112:1b-d | | 112:1b-3 | 112:1b-2 |
| | 112:2-8 | | | |
| | | | | 112:3-4 |
| | | 112:4-10 | 112:4-6 | |
| | | | | 112:5-6 |
| 112:7-9 | | | 112:7-10 | 112:7-8 |
| | 112:9-10 | | | 112:9 |
| 112:10 | | | | 112:10 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Tingnan ang mga Kontekstuwal na Kaunawaan ng Awit 111 para sa ang maliwanag na mga kaugnayan sa pagitan ng Awit 111 at 112.

B. Ang Awit 111 ay nagpupuri kay YHWH ngunit ang Awit 112 ay nagpupuri sa matapat na taga-sunod (cf. Awit 128).
   1. siya ay natatakot sa Panginoon, Awit 112:1b
   2. siya ay nagagalak sa Kaniyang mga kapahayagan, Awit 112:1c (cf. Awit 1:2)
   3. ang kaniyang mga binhi ay magiging makapangyarihan sa mundo, Awit 112:2a

4. sila ay magiging mapalad, Awit 112:2b
5. sila ay masagana, Awit 112:3a
6. ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man, Awit 112:3b
7. siya at ang kaniyang pamilya ay may liwanag sa kadiliman, Awit 112:4a
8. siya ay mapagbiyaya, Awit 112:4b,5a,9a
9. siya ay puspos ng kahabagan, Awit 112:4b
10. siya ay matuwid, Awit 112:4b
11. siya ay namumuna sa kaniyang mga pinuno na may katarungan, Awit 112:5b
12. siya ay hindi makikilos magpakailanman, Awit 112:6a
13. siya at kaniyang pamilya bilang matuwid na mga tao ay maaalala magpakailan man, Awit 112:6b
14. siya ay hindi matatakot sa mga masamang balita, Awit 112:7a
15. ang kaniyang puso ay matatag (cf. Awit 57:8; 108:1), na nagtitiwala sa Panginoon, Awit 112:7b (cf. Isaias 26:3)
16. kaniyang puso ay matatag, BDB 701, KB 759, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI (i.e., by Diyos), Awit 112:8a
17. siya ay hindi matatakot, Awit 112:8a
18. ang kaniyang mga kaaway ay matatalo sa kanyang harapan, Awit 112:8b, 10a
19. ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man, Awit 112:9b
20. ang kaniyang sungay ay matataas na may karangalan, Awit 112:9c (cf. Awit 75:10)

C. Sa paghahambing, ang masama ay mararanasan ang ganap na kabaliktaran. Ang kanilang kahihinatnan ay tiyakang nabanggit sa Awit 112:10.
1. ang masama ay makikita ang pagpapala ng ang matuwid at mamamanglaw
2. magngangalit ang kanilang mga ngipin
3. sila ay matutunaw
4. ang kanilang pagnanasa ay mapaparam

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 112:1-6**

**1 Purihin ninyo ang Panginoon.**
**Mapalad ang tao na natatakot sa Panginoon,**
**na naliligayang mainam sa kaniyang mga utos.**
**2 Ang kaniyang binhi ay magiging makapangyarihan sa lupa;**
**ang lahi ng matuwid ay magiging mapalad.**
**3 Kaginhawahan at kayamanan ay nasa kaniyang bahay:**
**at ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man.**
**4 Sa matuwid ay bumabangon ang liwanag sa kadiliman:**
**siya ay mapagbiyaya at puspos ng kahabagan, at matuwid.**
**5 Ang ikabubuti ng taong mapagbiyaya at nagpapahiram,**
**kaniyang aalalayan ang kaniyang usap sa kahatulan.**
**6 Sapagkat siya ay hindi makikilos magpakailan man;**
**ang matuwid ay maaalaalang walang hanggan.**

**112:1 "Purihin ang Panginoon"** Tingnan ang tala sa Awit 111:1.

▣ **"Mapalad ang tao. . ."** Ito ay Karunungang talasalitaan.
1. mapalad (TEV, "maligaya"), Awit 112:1 – BDB 80 (cf. Awit 1:1; 119:1-2)
2. mapalad, Awit 112:2 – BDB 138

3. ikakabuti (TEV, “masaya”), Awit 112:5 – BDB 373 II

▣ **“natatakot sa Panginoon”** Tingnan ang tala sa Awit 111:10. Tingnan ang Natatanging Paksa: Takot.

▣ **“na naliligayang mainam sa kaniyang mga utos”** Ang PANDIWA (BDB 342, KB 339, *Qal* GANAP) ay nagpapakilala ng pag-uugali ng tao sa kapahayagan ni YHWH (cf. Awit 19:10; 111:2; 119:35). Ang matapat na taga-sunod ay sumusunod sa kanila (cf. Deuteronomio 4:1-2,14,40; 16:12; 30:8,16,19-20).

Para sa “mga utos”, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

**112:2** Mula sa Sampung Utos natutunan natin na ang kasamaan ay kumikilos sa mga salin-lahi (cf. Exodo 20:5; Deuteronomio 5:9,10) ngunit, purihin ang Diyos, gayundin ang pananampalataya (cf. Exodo 20:6; Deuteronomio 5:10; 7:9; Exodo 34:7).

**112:3a** Tandaan, ito ay isang teksto sa OT, ang “dalawang daan” ng Mosaikong kasunduan (cf. Deuteronomio 30:15-20; Awit 1; Kawikaan 4:10-19; Jeremias 21:8; Mateo 7:13-14). Ito ay hindi umiral dahil sa naglugmok sa kalikasan ng sangkatauhan (cf. Genesis 3; taga-Roma 1-3; taga-Galacia 3; Hebreo). Mag-ingat sa pagpapatunay-teksto ng mga talatang ito sa kasaganahan kung sila ay mga pangako sa NT!

**112:4a** Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig na ang matapat na taga-sunod ay magtataglay ng kaunawaan sa gitna ng mga suliranin ng nalugmok na panahon dahil

1. siya ay natatakot kay YHWH, Awit 112:1b,7b
2. siya ay nagagalak sa Kaniyang kapahayagan, Awit 112:1c
3. siya ay nabubuhay sa kaniyang pananampalataya, Awit 112:4b-5
4. siya ay hindi makikilos, Awit 112:6a
5. siya ay hindi matatakot, Awit 112:8a

▣ Ang PAKSA ng PANDIWANG “bumabangon” (BDB 280, KB 281, *Qal* GANAP) ay hindi tinukoy. Ito ay maaaring tumukoy sa matapat na taga-sunod. Ang UBS *Handbook* (p. 960) ay nagmumungkahi ng “Siya ay katulad ng isang liwanag sa kadiliman, na kumikinang sa mga kagalang-galang (i.e., matuwid, PANLALAKING PANGMARAMIHAN) na tao.”

**112:4b** Ang mga ito ay katulad na mga katangian na sinabi ni YHWH sa Awit 111:3b,4b (cf. Exodo 34:6-7). Ang linyang ito ng panulaan ay walang PAKSA O PANDIWA ngunit tatlong PANLALAKING MGA PANG-URI.

1. mapagbiyaya – BDB 337
2. mahabagin – BDB 933
3. matuwid – BDB 843

Ito na maaaring tumukoy kay YHWH (AB, p. 128). NIDOTTE, tomo 2, p. 204, ay sinasabing ang “mapagbiyaya” ay ginamit ng labintatlong beses at palaging tumutukoy kay YHWH, maliban sa Awit 112:4. Ito ay nagpapahiwatig na ang Awit 112:4 ay maaaring hindi tumutukoy kay YHWH.

**112:5** Sa OT, ang mga magkakapatid sa kasunduan ay nagpapautang sa mahihirap na walang tubo (cf. Exodo 22:25; Levitico 25:35-38; Deuteronomio 15:7-8). Ang tulungan ang mahihirap ay isang daan sa pagpapakita ng debosyon kay YHWH, na kumakalinga sa mahihirap (cf. Awit 37:26; Kawikaan 19:17; Mateo 5:42; Lucas 6:35). Ang paraang ng pakikitungo ng isa sa iba ay maniwanag na naghahayag ng kaniyang ugnayan sa Diyos (cf. Awit 112:4).

**112:6b** Dahil sa linyang ito at Awit 112:3b at 9b, isang uri ng kabilang-buhay, hindi lamang ala-ala ng Diyos, ay pinapahiwatig! Kalangitan ay hindi lamang ala-ala ng Diyos ngunit ang pakikipag-ugnayan ng

Kaniyang bayan sa Kaniya (cf. Mateo 22:31-32).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 112:7-9**

**7 Siya ay hindi matatakot sa mga masamang balita:**
**ang kaniyang puso ay matatag, na tumitiwala sa Panginoon.**
**8 Ang kaniyang puso ay natatag, siya ay hindi matatakot,**
**hanggang sa kaniyang makita ang nasa niya sa kaniyang mga kaaway.**
**9 Kaniyang pinanabog, kaniyang ibinigay sa mapagkailangan;**
**ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man,**
**ang kaniyang sungay ay matataas na may karangalan.**

**112:9a** Ito ay sinipi (cf. 2 taga-Corinto 9:9) sa pagtalakay ni Pablo ng minsanang kaloob ng mga Hentil na Iglesiya sa Inang Iglesiya sa Herusalem (i.e., 2 taga-Corinto 8-9).

**112:9c "sungay ay matataas na may karangalan"** Ito ay isang wikain sa OT para sa kalalagayan ng tao sa lipunan. Ito ay nagpapakilala isang gawain ng Diyos sa pagtaas ng kalagayan, kayamanan at kapangyariha ng isang tao. Ginawa ito ni YHWH sa hari ng 1 Samuel 2:10 (tingnan din ang Awit 89:17,24) at kay Hannah sa 1 Samuel 2:1.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 112:10**

**10 Makikita ng masama, at mamamanglaw;**
**siya ay magngangalit ng kaniyang mga ngipin, at matutunaw:**
**ang nasa ng masama ay mapaparam.**

**112:10 "magngangalit ng kaniyang mga ngipin"** Ito ay isang tanda ng galit (cf. Awit 35:16; 37:12; 112:10; Lucas 13:28). Ito rin ay tumutukoy sa karanasan ng kahatulan (cf. Mateo 8:12; 13:42,50; 22:13; 24:51; 25:30).

▣ **"matutunaw"** Ang masama ay masasawi (cf. Awit 68:2). Sila ay matutunaw ng apoy ng kahatulan ni YHWH (cf. Isaias 34:2-4).

Ang kanilang sikolohikong sakit ay idinulot ng

1. pagkabaliktad ng kanilang masaganang kalagayan
2. kanilang pagkapalayas mula sa kaharian ng Diyos
3. ang pagpapala at kasaganahan ng matapat na mga taga-sunod sa harap ng kanilang mga mata

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang ang ibig-sabihin na "matakot" sa Panginoon?
2. Ipaliwanag ang Awit 112:4a sa iyong sariling mga salita.
3. Ang Awit 112:3,6, at 9 ba ay nagsasabi tungkol sa langit?

4. Ano ang ibig-sabihing ng “itaas ang kaniyang sungay”? (Awit 112:9)

# AWIT 113

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Itinataas ng Panginoon ang Mapagpakumbaba<br>Walang Panimula sa MT | Ang Pagka-Maharlika at Pagpapakababa ng Diyos | Imno sa Pagdiriwang sa Panginoon bilang Tumutu-tong sa Mapagpakumbaba | Sa Pagpuri sa Kabutihan ng Panginoon | To ang Diyos ng Kaluwal-hatian at Kahabagan |
| 113:1-4 | 113:1a | 113:1 | 113:1a | 113:1a |
| | 113:1b-3 | | 113:1b-4 | 113:1b-3 |
| | | 113:2-4 | | |
| | 113:4-6 | | | 113:4-6 |
| 113:5-9 | | 113:5-9 | 113:5-9b | |
| | 113:7-9b | | | 113:7-9b |
| | 113:9c | | 113:9c | 113:9c |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 113:1-4**
**[1]Purihin ninyo ang Panginoon.**
**Purihin ninyo, Oh ninyong mga lingkod ng Panginoon,**
**purihin ninyo ang pangalan ng Panginoon.**
**[2]Purihin ang pangalan ng Panginoon**
**mula sa panahong ito at magpakailan man.**
**[3]Mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog niyaon**
**ang pangalan ng Panginoon ay pupurihin,**
**[4]Ang Panginoon ay mataas na higit sa lahat ng mga bansa,**

**at ang kaniyang kaluwalhatian ay sa itaas ng mga langit.**

**113:1** Ang talatang ito ay may katulad na PAUTOS na inuulit ng tatlong beses para sa pagbibigay-diin (BDB 237, KB 248, *Piel* PAUTOS; tingnan ang katulad na pamamaraan sa Awit 96:1-2). Ito ay nagsimula tulad ng mga Awit 111; 112 (tingnan ang tala sa Awit 111:1). Ang Awit na ito ay naghahayag kung bakit dapat papurihan si YHWH.

1. Siya ay nasa ibabaw lahat ng mga bansa, Awit 113:4
2. Ang Kaniyang kaluwalhatian ay nasa ibabaw ng mga langit, Awit 113:4
3. siya ay natatangi (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo), Awit 113:5
4. Siya ay nagpapakababang malaman at maging kalahok sa mga buhay ng Kaniyang matapat na mga taga-sunod, Awit 113:6 (cf. Awit 18:35c)
5. Siya ay nangangalinga para sa kanilang itinatakwil sa lipunan at silang walang kapangyarihan, Awit 113:7-9 (cf. Awit 109:31)
   a. ang dukha
   b. ang nangangailangan
   c. ang baog

▣ **"ang Panginoon"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣ **"Oh mga lingkod ng Panginoon"** Ang AB (p. 131) ay binabago ang mga patinig at ginagawa itong "ang mga gawa ng Panginoon." Ang anyong ito (BDB 714) ay matatagpuan sa Ecclesiastes 9:1.

Kung ang MT ay tama, ang "mga lingkod" ay tumutukoy sa

1. mga anghel (cf. Awit 103:20-22)
2. mga sumasamba sa templo (cf. Deuteronomio 32:43; Awit 34:22; 69:36; 105:25; 135:14)
3. mga Levita/mga saserdote sa templo (cf. Awit 134:1; 135:1-2)

▣ **"ang pangalan ng Panginoon"** Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

**113:2 "Purihin"** Ang PANDIWA (BDB 138, KB 159, *Pual* PANDIWARI na isinama sa PANGKAUTUSAN na anyo ng PANDIWA na "maging") ay pagkakaagapay sa "pagpuri" (cf. Awit 145:21).

**113:2b-3a** Ang dalawang linya ay pagkakaagapay at sa paglalarawang wika upang ipahayag ang saklaw ng pagpupuri kay YHWH

1. para sa lahat ng panahon, Awit 113:2b
2. sa lahat na mga dako, Awit 113:3a

**113:4 "mataas na higit sa lahat ng mga bansa"** Ang talatang ito ay nagsasabi kung bakit Siya ay dapat papurihan.

1. Siya ay mataas na ibabaw ng lahat ng mga bansa (cf. Awit 97:9; 99:2)
2. ang Kaniyang kaluwalhatian ay sa ibabaw ng mga langit (cf. Awit 8:1; 57:11; 148:13)

▣ **"kaluwalhatian"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 113:5-9c**

**5 Sino ang gaya ng Panginoon nating Diyos,**
**na may kaniyang upuan sa itaas,**
**6 Na nagpapakababang tumitingin**
**ng mga bagay na nangasa sa langit at sa lupa?**
**7 Kaniyang ibinabangon ang dukha mula sa alabok,**
**at itinataas ang mapagkailangan mula sa dumi;**

> **[8]Upang maupo siya na kasama ng mga pangulo,**
> **sa makatuwid baga ay ng mga pangulo ng kaniyang bayan.**
> **[9]Kaniyang pinapagiingat ng bahay ang baog na babae,**
> **at maging masayang ina ng mga anak.**
> **Purihin ninyo ang Panginoon.**

**113:5 "Sino ang gaya ng Panginoon nating Diyos"** Pansinin na kapwa YHWH at *Elohim* ay ginamit para sa pagka-Diyos ng Israel (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣**"na may kaniyang upuan sa itaas"** Ito ay pagkakaagapay sa Awit 113:4b. Ito ay isang wikain ng pagiging-hari (cf. Awit 103:19). Si YHWH ay hari (tingnan ang 1 Samuel 8:7). Ang sinaunang mga Israelita ay nakikita ang kanilang Diyos na nakaupo sa Kaniyang trono sa ibabaw ng atmospera ng mundo habang ang Kaniyang paa ay namamahinga (i.e., tungtungan) sa arko ng kasunduan. Ang takip ng arko ay kung saan ang langit at mundo ay simbolikong nagtatagpo!

**113:6**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"Na nagpapakababang"** |
| **NRSV** | **"na tumitinging mababa"** |
| **TEV, NET** | **"siya ay yumuyuko upang makita"** |
| **NJB** | **"siya ay yumuyukog pababa"** |
| **JPSOA** | **"makita ang nasa ibaba"** |
| **REB** | **"dumapat upang makita ang lubhang mababa"** |

Ang di-karaniwang parirala ay nagpapakilala na nalalaman ni YHWH ang nangyayari sa mundo, lalo na sa Kaniyang bayan (cf. Exodo 3:7-8; Awit 138:6a,b).

Ang LXX ay isinasalin ang talatang ito na si YHWH ay tumitingin sa "mababa" (i.e., mga tao).

Ang Peshitta ay isinasalin ito na "kalaliman" at ginagawa itong isa sa tatlong levels ng ito antas ng planetang ito.

1. atmospera
2. lupa
3. tubig

▣ **"nangasa sa langit at sa lupa"** Ito ay naglalarawan ng planetang ito at kaniyang atmospera. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kalangitan.

**113:9a,b** Ang lahat ng mga asawa ng mga sinaunang Patriyarka ay baog, ngunit binuksan ni YHWH ang kanilang mga sinapupunan.

1. Sarah – Genesis 21:6
2. Rebekah – Genesis 25:21
3. Rachel – Genesis 30:22-23

Gayunman, isang anak ay isang natatanging pagkilos ni YHWH upang ipakita ang

1. Kaniyang pagkalinga
2. Kaniyang kapangyarihan
3. Kaniyang plano para sa Israel at ang buong mundo (cf. Awit 113:4)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

**113:9c** Ang Awit ay nagwakas gaya ng pagsisimula nito. Ang ilang mga iskolar ay nakikita ang linyang ito bilang pagsisimula ng susunod na Awit (LXX). Ang pariralang ito ay ang panimula sa mga Awit 111; 112; 113.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang mga paglalarawan sa Diyos.
2. Paano pinapababa ng Diyos ang Kanyang sarili? (Awit 113:6)
3. Anong talata ang nagpapahayag ng monoteismo?

# AWIT 114

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagpapalaya ng Diyos sa Israel mula sa Ehipto<br>Walang Panimula sa MT | Ang Kapangyarihan ng Diyos sa Pagpapalaya ng Israel | Imno sa Pagpuri sa mga Dakilang Gawa sa Pagli-likha ng Diyos sa Bansa | Isang Awit ng Pag-ibig | Imno ng Paskuwa |
| 114:1-2 | 114:1-2 | 114:1-2 | 114:1-2 | 114:1a |
| | | | | 114:1b-2 |
| 114:3-6 | 114:3-6 | 114:3-4 | 114:3-4 | 114:3-4 |
| | | 114:5-6 | 114:5-6 | 114:5-6 |
| 114:7-8 | 114:7-8 | 114:7-8 | 114:7-8 | 114:7-8 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 114:1-2**
**1 Nang lumabas ang Israel sa Egipto,**
**ang sangbahayan ni Jacob mula sa bayang may ibang wika;**
**2 Ang Juda ay naging kaniyang santuario,**
**ang Israel ay kaniyang sakop.**

**114:1-2** Ang Awit na ito ay tungkol sa exodo mula sa Ehipto (cf. Exodo 1-12). Ang exodo ay isang tuwirang katuparan ng kapahayagan ni YHWH at pangako kay Abraham sa Genesis 15:12-21. Ang exodo ay pagsisimula ng Bayan ng Diyos (cf. Exodo 19-20).

Pansinin ang iba't-ibang mga katawagan para sa ang bayan ng Diyos.

1. Israel

2. sambahayan ng Israel
3. Judah

**114:1 "Israel"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Israel (ang pangalan).

▣**"mula sa bayang may ibang wika"** Ang pariralang ito ay makikita lamang dito sa OT. Ang AB (p. 134) ay kinukuha ang katulad na mga katinig at muling isinasatinig sila upang umakma sa paglalarawan ng Isaias 25:3, kung saan ito ay nagpapakilala ng "mararahas na mga tao" (BDB 470, i.e., ang mga panginoong nagpapahirap ng Israelita, cf. Exodo 3:7). Ang katulad na ugat ay ginamit na may isang mariing *lamedh* (i.e., Hebreong titik L) sa Panaghoy 4:3.

Ang pangkasaysayang katotohanan sa pakikitungo ng Israel sa banyagang pananakop ay inuulit (cf. Isaias 28:22; 33:19; Jeremias 5:15). Ang katanungan ng pagpapaliwanag ay kung paanong ang bayan ng Diyos mapangibabawan ng mga pagano (cf. Habakkuk). Habang kinuha ng Diyos ang mga angkan ng Canaaneo sa lupain dahil sa kanilang kasalanan, kaya gayundin, ang mga Israelita dahil sa kanilang kasalanan (i.e., ang mga pagpapatapon ng Assyria, Babilonya, at Persia).

**114:2** Dahil kapwa ang Judah at Israel ay nabanggit, ang isa ay nagtatanong kung kailan isinulat ang Awit na ito.
1, ang Nagkakaisang Kaharian na tumagal mula kay Saul – Solomon
2. sa 922 B.C. ang Kingdom ay nahati sa pagitan nina
   a. Rehoboam sa Judah
   b. Jeroboam I sa Israel
3. pagkatapos ng pagbabalik mula sa pagkakatapon sa Persia sa ilalim ni Cyrus II, ang mga Israelita ay kumuha muli ng pangkalahatang pangalan, bagaman sila ay nagtataglay lamang ng isang maliit na bahagi ng pangtribong bahagi ng Judah (i.e., maliit na dako sa paligid ng Herusalem)

▣**"Kaniyang santuario"** Ito ay tumutukoy sa
1. ang templo sa Herusalem sa Bundok Moriah
2. ang buong lupain ng Canaan bilang natatanging pagmamay-ari ni YHWH

▣ **"Kaniyang sakop"** Ang terminong ito (BDB 606) ay may dalawang kahulugan.
1. pangkalahatang paghahari/nasasakupan ni YHWH, Awit 103:22; 145:13 (cf. Josue 3; 11; 13)
2. Canaan bilang natatanging pagmamay-ari ni YHWH (i.e., ang Ipinangakong Lupain, cf. Exodo 15:17)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 114:3-6**
**3 Nakita ng dagat, at tumakas;**
**ang Jordan ay napaurong.**
**4 Ang mga bundok ay nagsiluksong parang mga lalaking tupa,**
**ang mga munting gulod na parang mga batang tupa.**
**5 Anong ipakikialam ko sa iyo, Oh dagat, na ikaw ay tumatakas?**
**sa iyo Jordan, na ikaw ay umuurong?**
**6 Sa inyo mga bundok, na kayo'y nagsisiluksong parang mga lalaking tupa;**
**sa inyong mga munting gulod, na parang mga batang tupa?**

**114:3-6** Ito ay patalinghagang wika (cf. Awit 18:7-15; 29:3-9; 68:7-8; 77:16-19). Ang dalawang aklat na malaking naitulong sa akin sa bahagi ng OT hayperbol at paglalarawan ay
1. D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*

2. G. B. Caird, *The Language and Imagery of the Bible*

Ito ay mahalag na ang "tubig" ay nabanggit sa maraming mga kaunawaan. Ang tubig ang tanging bagay na hindi tiyakang sinabi upang likhain sa Genesis 1. Ang tubig sa mitolohiya ng ANE ay diyos (i.e., tubig alat, tubig tabang). Mayroong paglalaban sa pagitan ng tubig at mga diyos. Ang Bibliya ay kadalasang gumagamit ng paglalarawan ito upang ilarawan si YHWH (cf. Job 41:1; Awit 74:12-17; Isaias 27:1). Si YHWH ang namamahala sa Leviathan sa Job 3:8; Awit 104:26. Ngunit pansinin din ang "dagat" na binigyang-buhay sa Awit 114:3,5 (kasama ng ilan pang aspeto ng kalikasan).

Gayunman, sa Awit 114:8 ang nagbibigay-buhay na aspeto ng tubig ay inihahayag. Si YHWH, hindi *Ba'al*, ang pinangagalingan ng pagyabong (i.e., ulan).

Sa isang kaunawaan, ang paglalarawan sa paghahati ng tubig at tuyong lupa ay isang ANE pagkabanggit sa panimulang paglalang. Ang layunin ng pisikal na paglalang ay ang paglalang ng bayan ng Diyos. Ang layunin ng paglilikha ay pagsasama sa Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

**114:3 "Nakita ng dagat, at tumakas"** Ito ay maaaring tumukoy sa

1. pagtawid sa "Dagat na Mapula" (sa literal, "dagat ng mga tambo," tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Dagat na Mapula), na inilalarawan sa Exodo 14 at tula ni Moises sa Exodo 15; Ginawa ito ng Diyos sa paggamit ng
    a. tungkod ni Moises
    b. isang malakas na hangin mula sa silangan
2. pagtawid sa Ilog Jordan at yugto ng baha (cf. Josue 3); tingnan ang buong mga eksehetikong tala sa Josue 3 sa internet; ginawa ito ng Diyos sa pamamagitan ng isang pagguho ng lupa sa mataas na bahagi ng ilog, na nagsimula lamang tamang pagkakatao at nagwakas lamang sa tamang pagkakataon

**114:4,6** Ang topolohikong mga katangian ng Canaan ay nagagalak sa pagdating ni YHWH at Kaniyang bayan (cf. Awit 96:9). Ito ay inihayag sa *Qal* PAUTOS, "mayanig" (BDB 296, KB 297), na nagpapakilala ng kapwa

1. pagyanig sa takot (cf. 1 Cronica 16:30)
2. pagsasayaw sa kaligayahan (cf. Awit 87:7; 96:9)

**114:4 "ang mga bundok"** Ito ay maaaring tumukoy sa Bundok Sinai, ngunit maaaring sa ang "mga bundok" (i.e., mga burol) ng Canaan.

**114:6** Pansinin na ang talatang ito ay inuulit ang PANDIWA ng Awit 114:4.

1. nagsisilukso, Awit 114:4 – *Qal* GANAP
2. nagsisilukso, Awit 114:6 – *Qal* DI-GANAP

Ang Awit 114:5-6 ay nagtatanong ng katanungan na "bakit" kumikilos ng kakaiba ang kalikasan. Ito ay dahil sa presensiya ng Manlilikha. Kung anong nangyari sa pagsisimula ng bayan ng Diyos ay sadyang magpapatuloy!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 114:7-8**
**7 Mayanig ka, ikaw na lupa, sa harapan ng Panginoon,**
**sa harapan ng Diyos ni Jacob;**
**8 Na pinapagiging tipunan ng tubig ang malaking bato.**
**Na bukal ng tubig ang pingkiang bato.**

**114:7** Ang mundo ay pisikal na nangangatal sa paglapit ng Manlilikha.

Pansinin na Siya ay tinawag na "Panginoon" (*Adon*) dito, hindi "PANGINOON" (YHWH), na gaya ng Awit 114:7a at *Eloah* sa 114:7b. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-

Diyos.

**114:8** Ang talata ay pagkabanggit sa dalawang tiyak na pangyayari sa panahon ng paglalagalang sa ilang kung saan si YHWH ay mahimalang nagkaloob ng tubig na nagbibigay-buhay (cf. Awit 78:15; 105:41).

1. Exodo 17:6
2. Mga Bilang 20:11

Ito ay ginamit sa paglalarawan ng eskatolohikong yugto sa Isaias 48:21 (i.e., isang pangalawa exodo).

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sa anong pangkasaysayang yugto sa kasaysayang ng Israel ang pinatutungkulan ng Awit na ito?
2. Ano ang teolohikong layunin ng pagbibigay katauhan sa sa kalikasan?
3. Bakit lubhang mahalaga ang pamamahala ng Diyos sa tubig?
4. Paano makakatulong ang dobleng kahulugan ng "pagyanig" sa pagkaunawa ng Awit na ito?

# AWIT 115

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang mga Paganong Idolo na Inihambing sa Panginoon <u>Walang Panimula sa MT</u> | Ang Kawalang-saysay ng mga Idolo at ang Katapatan ng Diyos | Lituhikong Paghahambing sa Kapangyarihan ng Pangi-noon sa Kawalang-lakas ng mga diyos ng Pagano | Ang Isang Tunay ng Diyos | Ang Isang Tunay na Diyos |
| 115:1-8 | 115:1-2 | 115:1-2 | 115:1 | 115:1-2 |
| | | | 115:2-8 | |
| | 115:3-8 | 115:3-8 | | 115:3-4 |
| | | | | 115:5-6 |
| | | | | 115:7-8 |
| 115:9-15 | 115:9-11 | 115:9-11 | 115:9-11 | 115:9-11 |
| | 115:12-13 | 115:12-13 | 115:12-13 | 115:12-13 |
| | 115:14-15 | 115:14-15 | 115:14-15 | 115:14-15 |
| 115:16-18 | 115:16-18b | 115:16-18 | 115:16-18b | 115:16 |
| | | | | 115:17-18b |
| | 115:18c | | 115:18c | 115:18c |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ito Awit ay tungkol sa lubusang kawalang-saysay ng pagtitiwala sa mga idolong gawa ng tao. Tanging ang Isang Tunay na Manlilikha/Manunubos na pagka-Diyos ay karapag-dapat sa pagtitiwala.

B. Ang Awit na ito ay ipinakilala ng inuulit na mga parirala.
   1. "hindi sa atin," inuulit na dalawang beses, Awit 115:1
   2. "sila ay. . .," pitong MGA DI-GANAP, Awit 115:5-7
   3. "magtiwala," apat (tatlong MGA PAUTOS at isang PANDIWARI; ang sinaunang mga salid tulad ng LXX, Peshitta, at Vulgata, na ipinapaliwanag ang MT PAUTOS bilang isang GANAP), Awit 115:8-11
   4. "Siya ay magpapala...," anim (anim na *Piel* MGA DI-GANAP at isang *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI), Awit 115:12- 15,18
   5. "purihin ang Panginoon"
      a. pagtatanggi, Awit 115:17 (*Piel* DI-GANAP)
      b. inuutos, Awit 115:18 (*Piel* PAUTOS)

C. Ang LXX at ilang Hebreong MSS ay pinagsama ang Awit 114 at 115.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 115:1-8**

**1 Huwag sa amin, Oh Panginoon, huwag sa amin,**
**kundi sa iyong pangalan ay magbigay kang karangalan,**
**dahil sa iyong kagandahang-loob, at dahil sa iyong katotohanan.**
**2 Bakit sasabihin ng mga bansa,**
**Saan nandoon ngayon ang kanilang Diyos?**
**3 Ngunit ang aming Diyos ay nasa mga langit:**
**kaniyang ginagawa ang kaniyang ibigin.**
**4 Ang kanilang mga diosdiosan ay pilak at ginto,**
**yari ng mga kamay ng mga tao.**
**5 Sila ay may mga bibig, ngunit sila ay hindi nangagsasalita;**
**mga mata'y mayroon sila, ngunit hindi sila nangakakakita;**
**6 Sila ay may mga tainga, ngunit hindi sila nangakakarinig;**
**mga ilong ay mayroon sila, ngunit hindi sila nangakakaamoy;**
**7 Mayroon silang mga kamay, ngunit hindi sila nangakatatangan;**
**mga paa ay mayroon sila, ngunit hindi sila nangakalalakad;**
**ni nangagsasalita man sila sa kanilang ngalangala.**
**8 Ang nagsisigawa sa kanila ay magiging gaya nila;**
**Oo, bawat tumitiwala sa kanila.**

**115:1-8** Ang istropang ito ay tungkol sa kawalang-saysay ng pagsamba sa Diyus-diyosan! Mayroong nag-iisang Diyos lamang (cf. Jeremias 10:6-10; tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo)! Mayroong lamang isang pag-asa para sa "mga bansa." Ang lahat ng mga mag-aaral ng Bibiliya ay may mga pagpapalagay tungkol sa "meta-narrative" ng Bibliya (i.e., ang saligang layunin o mensahe). Ang pagnanais ni YHWH para sa mga bansa sa magtiwala sa Kaniya ay mina (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

**115:1** Anong isang makapangyarihang talata. Kaluwalhatian (tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian) ay tanging kay YHWH lamang, hindi ng anumang kinatawang tao o pangkat. Ito ay dahil sa
1. kagandahang-loob ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*])
2. katapatan ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT; tingnan din ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel)

3. si YHWH ay makapangyarihan, Awit 115:3 (cf. Awit 103:19; 135:5-6)
4. si YHWH ay kumikilos at nakikinig ang mga idolo ay hindi, Awit 115:4-7 (cf. Awit 135:15-18; Deuteronomio 4:28; Isaias 44:12-17; Jeremias 10:3-5)
5. si YHWH ay ang manlilikha, "lumikha ng langit at lupa" (cf. Awit 115:15b,16)

▣ **"Iyong pangalan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

**115:2** Ang katanungan ng linya 2 ay ang teolohikong isyu. Israel ay sa be isang kaharian ng mga saserdote (cf. Exodo 19:5-sa help ang mundo know at understand YHWH. Ngunit dahil ng her faithlessness ang mundo saw only ang kahatulan ng Diyos (cf. Ezekiel 36:22-38).

Ang very katanungan ng linya 2 ay inulit sa Awit 42:3; 79:10 (cf. Joel 2:17; Mikas 7:10).

**115:4 "pilak at ginto"** Ang mga ito ay mga mahahalagang bakal na inilalatag sa mga larawang ginawa mula sa bato o kahoy.

**115:7b** Dahil binabanggit ng Awit 115:5 ang "pananalita," ito maaaring tumukoy sa ilang uri ng panghuhula (tingnan ang Natatanging Paksa: Manghuhula) na ginawa sa pangalan ng paganong diyus-diyosan. Tingnan ang mga Tala sa Deuteronomio 18:10-11 sa internet.

**115:8** Ang talatang ito ay tinatanggap ang katotohanan na ang mga tao ay naging tulad ng diyos na kanilang sinasamba. Oh, ang mga mananampalataya ay magiging katulad ni Hesus! Ang layunin ng biblikal na pananampalataya ay hindi lamang langit balang-araw ngunit pagiging-wangis kay Kristo ngayon (cf. taga-Roma 8:28-29; 2 taga-Corinto 3:18; 7:1; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 4:13; 1 taga-Thesalonica 3:13; 4:3,7; 5:23; 1 Pedro 1:15). Ang iyo bang buhay ang nagpapakilala sa kung sino ano iyong sinasamba?

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 115:9-15**

**9 Oh Israel, tumiwala ka sa Panginoon:**
**siya ay kanilang saklolo at kanilang kalasag.**
**10 Oh sangbahayan ni Aaron, magsitiwala kayo sa Panginoon:**
**siya ay kanilang saklolo at kanilang kalasag.**
**11 Kayong nangatatakot sa Panginoon, magsitiwala kayo sa Panginoon;**
**siya ay kanilang saklolo at kanilang kalasag.**
**12 Inalaala tayo ng Panginoon; kaniyang pagpapalain tayo:**
**kaniyang pagpapalain ang sangbahayan ni Israel,**
**kaniyang pagpapalain ang sangbahayan ni Aaron.**
**13 Kaniyang pagpapalain ang nangatatakot sa Panginoon,**
**ang mababa at gayon ang mataas.**
**14 Palalaguin kayo ng Panginoon ng higit at higit,**
**kayo at ang inyong mga anak.**
**15 Pinagpala kayo ng Panginoon,**
**na gumawa ng langit at lupa.**

**115:9-15** Pansinin ang tatluhang pangalan at kautusan ("magtiwala," BDB 105, KB 120, *Qal* PAUTOS).
1. Oh Israel, magtiwala kay YHWH, Awit 115:9,12
2. Oh sambayanan ni Aaron, magtiwala kay YHWH, Awit 115:10,12
3. Kayong nangatatakot/namimitagan kay YHWH, magtiwala sa Kaniya, Awit 115:11,12 (ito ay isa pang paglalarawan ng #1 at 2, cf. Awit 135:19-20, o isang sanggunian sa mga di-Israelita, cf. 1 Mga Hari 8:41-43; Ezra 6:21; Nehemiah 10:28)

Bilang tugon, si YHWH ay

1. kanilang tulong (cf. Awit 18:2; 33:20; 70:5; 121:2; 124:8; 146:5)
2. kanilang kalasag (cf. Awit 28:7; 59:11; 84:9,11; 119:114; 144:2)
3. iniisip tayo (cf. Awit 98:3)
4. pinagpapala ang kapwa dakila at maliit
5. ipinagkakaloob ang paglago sa iyo at iyong mga anak (BDB 414, KB 418, sa literl, "idagdag," *Hiphil* PANGKAUTUSAN, cf. Awit 112:2)

Mayroong mga kahihinatnan sa panahon at kawalang-hanggan para sa pagsamba sa Diyus-diyosan! Mayroong mga kahihinatnan para sa personal pananampalataya at katapatan kay YHWH (cf. Awit 115:16-18)!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 115:16-18**

**16Ang mga langit ay mga langit ng Panginoon;**
**ngunit ang lupa ay kaniyang ibinigay sa mga anak ng mga tao.**
**17Ang patay ay hindi pumupuri sa Panginoon,**
**ni sinomang nabababa sa katahimikan;**
**18Ngunit aming pupurihin ang Panginoon**
**mula sa panahong ito hanggang sa walang hanggan.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**115:16a "Ang mga langit ay mga langit ng Panginoon"** Ito ay tumutukoy sa trono ni YHWH (i.e., ang pinakamataas na langit). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Mga Langit at ang Ikatlong Kalangitan.

**115:16b** Ipinagkaloob ni YHWH ang mundo para sa pananahan at pamamahala ng sangkatauhan (cf. Awit 8:6). Gayunman, ito ay pagmamay-ari Niya (cf. Deuteronomio 10:14) dahil Siya ang gumawa nito (cf. Awit 121:2; 124:8; 134:3).

**115:17 "Ang patay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay?

**115:18** Ang bayan ng Diyos ay magpakailan man na magpapasalamat (*Piel* DI-GANAP) at magpupuri (*Piel* PAUTOS) kay YHWH. Ito ay nagpapahiwatig ng isang kabilang buhay na hiwalay mula sa sumasamba sa diyus-diyosan na "na hindi nagpupuri" at "bumaba sa katahimikan" (cf. Awit 6:5; 30:9; 88:10-11; 94:17).

▣ **"Purihin ang Panginoon"** Gaya ng Awit 113:9c, ang LXX ay linipat ito sa pagsisimula ng susunod na Awit.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ipaliwanag ang mga termino sa OT

a. kagandahang-loob
b. katapatan/katotohanan

2. Bakit ang kapwa Awit 115:1 at 2 ay lubhang mahalaga sa teolohiya?
3. Paano naiiba si YHWH sa mga diyus-diyosang pagano?
4. Ang Awit 115:9-11 ba ay tumutukoy sa isang pangkat, dalawang pangkat, o tatlong pangkat?
5. Itala ang mga bagay na ginagawa ni YHWH para sa matapat na mga taga-sunod.
6. Ipaliwanag ang Awit 115:16 sa iyong sariling mga salita.
7. Ipaliwanag "bumaba sa katahimikan" ng Awit 115:17b.

# AWIT 116

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pasasalamat para sa Pagpa-palaya Mula sa Kamatayan<br>Walang Panimula sa MT | Pasasalamat para sa Pagpa-palaya mula sa Kamatayan | Pasasalamat sa Paggaling | Taong Naligtas mula sa Kamatayan ay Nagpupuri sa Diyos | Pasasalamat |
| 116:1-4 | 116:1-2 | 116:1-4 | 116:1-4 | 116:1-2 |
| | 116:3-4 | | | 116:3-4a |
| | | | | 116:4b |
| 116:5-11 | 116:5-7 | 116:5-7 | 116:5-7 | 116:5-6 |
| | | | | 116:7-9 |
| | 116:8-11 | 116:8-11 | 116:8-11 | |
| | | | | 116:10-13 |
| 116:12-19 | 116:12-14 | 116:12-19 | 116:12-14 | |
| | | | | 116:14 |
| | 116:15 | | 116:15-19b | 116:15 |
| | 116:16-17 | | | 116:16-17 |
| | 116:18-19b | | | 116:18-19 |
| | 116:19c | | 116:19c | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 116:1-4**
**1 Aking iniibig ang Panginoon, sapagkat kaniyang dininig**
**ang aking tinig at aking mga hiling.**
**2 Sapagkat kaniyang ikiniling ang kaniyang pakinig sa akin,**
**kayat ako ay tatawag sa kaniya habang ako ay nabubuhay.**
**3 Ang tali ng kamatayan ay pumulupot sa akin,**
**at ang mga sakit ng Sheol ay nagsihawak sa akin:**
**aking nasumpungan ang kabagabagan at kapanglawan.**
**4 Nang magkagayon ay tumawag ako sa pangalan ng Panginoon;**
**Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, iligtas mo ang aking kaluluwa.**

**116:1-4** Ang Awit na ito ay isinulat ng isang matapat na taga-sunod na humaharap ng kamatayan (cf. Awit 116:3). Ipinapaliwanag niya ang mga proseso ng kaniyang kaisipan kung paano pakikitunguhan ang ganitong kalagayan.

1. pagpapatunay – Aking iniibig ang Panginoon, BDB 12, KB 17, *Qal* GANAP (cf. Deuteronomio 6:5; 30:6; Awit 31:23)
2. bakit niya iniibig si YHWH
   a. kaniyang dininig ang aking mga panalangin, BDB 1033, KB 1570, *Qal* DI-GANAP
   b. kaniyang ikiniling ang kaniyang pakinig sa akin (pagkakaagapay sa a.), BDB 639, KB 692, *Hiphil* GANAP
3. bunga – ako ay tatawag sa Kaniya, BDB 894, KB 1128, *Qal* DI-GANAP
4. ang kalagayan ng salmista
   a. tali ng kamatayan (cf. Awit 18:4-5) ay pumulupot sa kaniya, BDB 67, KB 79, *Qal* GANAP
   b. ang mga sakit (BDB 865 dalawang beses, ng pagkabalisa, cf. Awit 118:5; Panaghoy 1:3) ng *Sheol* ay nagsihawak (sa literal, "natagpuan," BDB 592, KB 619, *Qal* GANAP) sa akin (tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay?)
5. pangwakas – tumawag ako sa pangalan ng Panginoon, BDB 894, KB 1128, *Qal* DI-GANAP Kaniyang mga salita ay, "Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, iligtas mo ang aking kaluluwa," BDB 572, KB 589, *Piel* PAUTOS

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 116:5-11**
**5 Mapagbiyaya ang Panginoon, at matuwid;**
**Oo, ang Diyos namin ay maawain.**
**6 Pinalalagi ng Panginoon ang mga tapat na loob:**
**ako ay nababa, at kaniyang iniligtas ako.**
**7 Bumalik ka sa iyong kapahingahan, Oh kaluluwa ko;**
**sapagkat ginawan ka ng mabuti ng Panginoon.**
**8 Sapagkat iyong iniligtas ang kaluluwa ko sa kamatayan,**
**at ang mga mata ko sa mga luha,**
**at ang mga paa ko sa pagkabuwal.**
**9 Ako ay lalakad sa harap ng Panginoon,**
**sa lupain ng mga buhay.**
**10 Ako ay sumasampalataya, sapagkat ako ay magsasalita:**
**ako ay lubhang nagdalamhati:**
**11 Aking sinabi sa aking pagmamadali,**
**lahat ng tao ay bulaan.**

**116:5-11** Pagkatapos na ang salmista ay nanalangin, siya ay nagnininal-nila sa mga katangian ni YHWH

(tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel).
1. mapagbiyaya
2. matuwid
3. puspos ng kahabagan
4. iniingatan ang karaniwan (BDB 834, KB 989, isang di-naturuan o walang muwang na tao, ngunit bukas na maturuan, cf. Awit 19:7)

Ipinakita ni YHWH ang Kaniyang katangian.
1. kaniyang iniligtas ako – BDB 446, KB 440, *Hiphil* DI-GANAP, Awit 116:6b
2. bumalik sa kapahingahan – BDB 996, KB 1427, *Qal* PAUTOS (ipinapahayag niya ang kanyang sarili bilang isang pangkaisipang lugar ng kaligtasan at katiwasayan kay YHWH), Awit 116:7b
3. ginawan ka niya ng mabuti (cf. Awit 13:6; 119:17; 142:7), Awit 116:7b
4. kaniyang iniligtas ang aking kaluluwa (i.e., *nephesh*, BDB 659) mula sa kamatayan – BDB 322, KB 321, *Piel* GANAP, Awit 116:8a
5. kaniyang iniligtas ang aking mga mata mula sa mga luha, Awit 116:8b
6. kaniyang iniligtas ang aking mga pasa sa pagkakabuwal, Awit 116:8c (cf. Awit 56:13)

Ang pagtugon ng salmista.
1. tingnan ang #2 sa ibabaw
2. Ako ay lalakad sa harap ng Panginoon, sa lupain ng mga buhay (i.e., Ililigtas/papagalingin siya ni YHWH)
3. Ang Awit 116:10-11 ay mahirap sa ipaliwanag sa konteksto. Ito ay maaaring nagpapakilala ng
   a. kasalukuyang pananampalataya
   b. nakalipas na mga pahayag (sinisipi ni Pablo ang Awit 116:11b sa taga-Roma 3:4)

   Ang dalawang mga talata ay kailangang tumukoy sa kanila na naghahangad/nagtatangko laban sa buhay ng salmista. Kung ganoon nga, ang konteksto ng Awit na ito ay hindi pagkakasakit ngunit pagtataksil (cf. Awit 116:11b).

   Ang salin ng LXX sa Awit 116:10 ay makikita sa 2 taga-Corinto 4:13, ngunit ang MT ay di-tiyak.

**116:11 "sa aking pagmamadali"** Ang *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN (BDB 342, KB 339) ay nagpapakilala isang kalagaya ng pagkatakot ng isipan, pagkasindak (cf. Awit 31:22). Ang "kapahingahan" ng Awit 116:7 ay ang tuwirang kapaliktaran ng salitang ito!

▣ **"lahat ng tao ay bulaan"** Yamang ang "kapahingahan" ay kasalungat ng "pagmamadali," ang mga taong sinungaling ay kasalungat ni YHWH (cf. Bilang 23:19a; 1 Samuel 15:29; taga-Roma 3:4).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 116:12-19**

**12 Ano ang aking ibabayad sa Panginoon**
**dahil sa lahat niyang kabutihan sa akin?**
**13 Aking kukunin ang saro ng kaligtasan,**
**at tatawag ako sa pangalan ng Panginoon.**
**14 Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon,**
**Oo, sa harapan ng buo niyang bayan.**
**15 Mahalaga sa paningin ng Panginoon**
**ang kamatayan ng kaniyang mga banal.**
**16 Oh Panginoon, tunay na ako ay iyong lingkod;**
**ako ay iyong lingkod, na anak ng iyong lingkod na babae;**
**iyong kinalag ang aking mga tali.**
**17 Aking ihahandog sa iyo ang hain na pasalamat,**
**at tatawag ako sa pangalan ng Panginoon.**
**18 Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon,**

**Oo, sa harapan ng buo niyang bayan;**
**19 Sa mga looban ng bahay ng Panginoon,**
**sa gitna mo, Oh Herusalem.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**116:12-19** Ang istropang ito ay may lahat na MGA DI-GANAP (maliban Awit 116:16c), na ay nagpapakilala ng nagpapatuloy, walang patid na pagsamba sa Diyus-diyosan. Ang salmista ay inilalarawan kung ano ang kaniyang ginagawa sa pagsamba sa templo at sa buhay (cf. Awit 116:9) dahil sa dakilang pagkalinga at pagpapalaya ni YHWH (cf. Awit 116:12).

1. Aking kukunin ang saro ng kaligtasan, Awit 116:13a – AB (p. 149) ay sinasabing ito ay isang rituwal na bahagi ng pasasalamat na handog sa templo; ito ay nagpapakilala isang pagtatagay, hindi isang pag-iinom (cf. NIDOTTE, tomo 2, p. 618)
2. tatawag ako sa pangalan ng Panginoon, Awit 116:13b,17b (tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH)
3. Aking babayaran ang mga panata ko, Awit 116:14,18 (cf. Levitico 27)
4. kaniyang ihahandog sa iyo ang hain na pasalamat, Awit 116:17
5. kaniyang papapurihan si YHWH sa templo, Awit 116:19 (cf. 116:14) – ang PAUTOS ay maaaring hanggang sa pagsisimula ng Awit 117 (LXX)

**116:15** Ang PANG-URI na "mahalaga" (BDB 429) ay kadalasang ginagamit sa mga mamahaling bagay. Sa kontekstong ito, ito ay nagpapakilala ng katotohanan na si YHWH ay labis na nangangalinga kapag ang Kaniyang matapat na mga taga-sunod ay nagdaranas ng mga pagsubok at sakit sa mundo (cf. Awit 72:14). Nababatid Niya ang kanilang mga kalagayan at mabilis na dumarating upang sila ay tulungan (cf. Exodo 3:7).

Sa isang nalugmok na mundo, hindi bawat mananampalataya ay pisikal na napapagaling. Ang mga krisis, mga suliranin, at mga pagkatakot ay talagang darating. Kahit na hindi natin nakikita nag presensya ng Diyos, Siya ay kasama natin at para sa atin. Isang araw, makakasama na natin Siya!

Ang NIDOTTE, tomo 2, p. 525, ay may isang mungkahing pag-aayos na isang "n" ay naitanggal sa salitang "kamatayan" at ang ugat ay dapat makita bilang isang Aramaikong salita para sa "pagtitiwala," at sa gayon ay isinasalin ang linya bilang

"Mahalaga sa paningin ng Panginoon ang pananampalataya/pagtitiwala ng Kaniyang mga matatapat."

Ang suliranin ay ang paggamit ng "mahalaga" sa "kamatayan." Tiyak na ang kamatayan ng mga banal ay hindi mahalaga (i.e., may halaga). Ang ilang mga iskolar ay binago ang kahulugan ng Hebreong "mahalaga" (BDB 429) sa "mahal" o "masakit" Namimighati si YHWH para sa Kaniyang matapat na mga taga-sunod na nagdusa at namatay! Ang kakila-kilabot na mga bunga ng Pagkalugmok ay hindi kailanman ang Kaniyang layunin sa paglilikha!

▣ **"mga banal"** Tingnan ang tala sa internet sa Awit 16:10 at 30:4.

**116:16** Pansinin na ang "ako ay Iyong lingkod" ay inuulit para sa pagbibigay-diin. Ang terminong "lingkod" (BDB 713) ay may isang malawak na semantikong pagkakagamit ngunit dito, ito ay maaaring nagpapakilala sa "mananamba."

Ang susunod na linya, "anak ng Iyong na babae," ay matatagpuan din sa Awit 86:16 at nagpapakilala ng

1. isang matuwid na ina
2. isang Israelitang ina
3. isang wikain ng kapakumbabaan
4. isang aliping pamilya o matapat na lingkod na pamilya

Ang salmista ay binatay ang pagwawakas sa katotohanan na si YHWH ay mapapakawalan (BDB

834, KB 986, *Piel* GANAP) kaniyang gapos (BDB 64), na maaaring mangahulugang

1. iniligtas siya mula sa malubhang karamdaman (mga makipot na daan o *Sheol*)
2. iniligtas siya mula sa mga kaaway
3. iniligtas siya mula sa bilangguan o pagkakatapon
4. iniligtas siya mula sa pagkabahala (ang terminong [BDB 865] "mga makipot" sa Awit 116:3 [dalawang beses] ay na ginamit sa Awit 118:5 at Panaghoy 1:3 ng "pagkabahala")

Isang payak na paraan upang maipahayag ang talatang ito ay maaaring "Nandito ako" o "Ako ay nandito para sa paglilingkod." Iniligtas siya ni YHWH, ngayon siya ay kusa at lubusang maglilingkod sa Kaniya (cf. taga-Roma 12:1-2).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ipaliwanag ang maaaring mga kalalagayan ng buhay ng Awit na ito.
2. Hindi ba karaniwan na bigyang-buhay ang kamatayan at *Sheol*?
3. Itala ang mga katangian ni YHWH.
4. Bakit lubhang mahirap ipaliwanag ang Awit 116:10-11?
5. Anong paglalarawan sa OT ang nasa likuran ng Awit 116:16?
6. Itala ang mga salita, mga parirala na nagpapakilala ng pagsamba sa templo.

# AWIT 117

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Awit ng Pagpupuri<br>Walang Panimula sa MT | Purihin ng Lahat ng Tao ang Panginoon | Doxolohiya | Upang Parihin ang Pangi-noon | Mga Panawagan sa Pagpuri |
| 117:1-2 | 117:1-2b | 117:1-2 | 117:1-2b | 117:1-2b |
| | 117:2c | | 117:2c | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ang pinakamaikling Awit.

B. Hinihimok nito ang mga Hentil na magpuri sa Diyos ng Israel (cf. Awit 67; 100), ang nag-iisang tunay na Diyos.

C. Ang Diyos ng Israel ay lubusang naihayag sa
   1. Kaniyang mga gawa sa paglilikha (Genesis 1-2; 6-9)
   2. Kaniyang mga pangako kay Abraham (Genesis 12; 15; 18; 22)
      a. lupain
      b. binhi
      c. dakilang pangalan
      d. ang lahat ng mga pamilya ng mundo ay pagpapalain siya
   3. mga pangkatubusang mga gawa sa mga supling ni Abraham (cf. Awit 117:2a)
      a. ang exodo
      b. ang pananakop
      c. ang pagbabalik mula sa pagkakatapon

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 117:1-2**
**[1]Oh purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na mga bansa:**
**purihin ninyo siya, ninyong lahat na mga bayan.**
**[2]Sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay dakila sa atin;**
**at ang katotohanan ng Panginoon ay magpakailan man.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**117:1** Ang Awit na ito ay nagsisimula at nagwawakas sa *Piel* PAUTOS, "Purihin" (BDB 237, KB 248, cf. Awit 113; LXX, Awit 116).

▣ **"purihin siya"** Ito ay isang pangalawa na *Piel* PAUTOS (BDB 986, KB 1387, cf. Awit 147:12).

▣ **"lahat na mga bansa…lahat na mga tao"** Ang pangkalahatang aspeto ay katangian ng mga Awit (cf. Awit 22:27; 33:8; 47:1; 66:1,4; 67:3-5,7; 82:8; 96:7-10; 98:4; 100:1).

Ito ang dakilang komisyon sa OT. Ang Israel ay dapat na maging isang "kaharian ng mga saserdote" (cf. Exodo 19:5-6) dahil ang lahat ng nasa mundo ay kay YHWH. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

Ang talatang ito ay sinipi ni Pablo sa taga-Roma 15:11, na binibigyang-diin ang pagsasama ni YHWH sa mga Hentil sa gawa ni Kristo (cf. taga-Roma 15:9-13; note Pahayag 7:9).

**117:2 "kagandahang-loob. . .katotohanan"** Ang dalawang ito na mga katangian ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel) ay madala na mailata na magkasama (i.e., Awit 108:4; 115:1; 138:2).

Para sa "kagandahang-loob" tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

Para sa "katotohanan" o "katapatan" tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT.

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

Ito ay isang mahalaga punto dahil sa paulit-ulit na kawalang-pananampalataya ng Israel at pagsamba sa Diyus-diyosan. Si YHWH ay magpakailan man na matapat ngunit ang Kaniyang bayan ay hindi! Siya ay may isang mas malawak na layunin kay sa isa lamang na bayan/bansa (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Gaano kapalasak sa OT ang pag-ibig, pagkalinga, pagmamalasakit, at katubusan ni YHWH sa mga Hentil?
2. Bigyang-kahulugan ang *hesed* (i.e., kagandahang-loob).

3. Bigyang kahulugan ang *emeth* (i.e., katotohanan).
4. Paano nakaapekto sa mga Hentil ang pag-ibig ni YHWH sa Israel?

# AWIT 118

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pasasalamat sa Mabuting Pagliligtas ng Panginoon <u>Walang Panimula sa MT</u> | Purihin ang Diyos sa Kanyang Walang-hanggang Kahabagan | Pasasalamat para sa Pagpapalaya sa Labanan | Isang Panalangin ng Pasasa-lamat para sa Tagumpay | Prosesyonal na Imno para sa Pista ng mga Kanlungan |
| 118:1-4 | 118:1 | 118:1 | 118:1-4 | 118:1 |
| | 118:2-4 | 118:2-4 | | 118:2-4 |
| 118:5-9 | 118:5-9 | 118:5-9 | 118:5-9 | 118:5-7 |
| | | | | 118:8-9 |
| 118:10-14 | 118:10-14 | 118:10-14 | 118:10-12 | 118:10-12 |
| | | | 118:13-14 | 118:13-14 |
| 118:15-18 | 118:15-18 | 118:15-18 | 118:15-16 | 118:15-16 |
| | | | 118:17-18 | 118:17-18 |
| 118:19-21 | 118:19-20 | 118:19 | 118:19 | 118:19-21 |
| | | 118:20 | 118:20 | |
| | 118:21 | 118:21-25 | 118:21 | |
| 118:22-29 | 118:22-24 | | 118:22-25 | 118:22-24 |
| | 118:25-28 | | | 118:25-27b |
| | | 118:26-27 | 118:26-27 | |
| | | | | 118:27c-28 |
| | | 118:28 | 118:28 | |
| | 118:29 | 118:29 | 118:29 | 118:29 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang Awit na ito ay isang sagutang pang-prosesyon na Awit (cf. Awit 118:1 at 2-4). Mayroong maraming iba't-ibang pangkat na tila tumutugon sa bawat-isa. Ipinapaliwanag nito
   1. ang paulit-ulit na likas
   2. ang iba't-ibang mga paksa na kasama sa Awit na ito

B. Ang tiyak na pangkasaysayang kalalagayan ng Awit na ito ay pinagtatalunan. Ito ay maliwanag na ang awit ng tagumpay ni Moises sa Dagat na Mapula (i.e., Exodo 15) ang pangkasaysayang pinanggagalingan ng mga talinghaga. Gayunman, ang tiyak na petsa ay tumutugma sa yugto pagkatapos ng pagbabalik mula sa pagkakatapon sa ilalim ni Nehemiah o isang eskatolohikong kalalagayan na ginagawang angkop ang Awit sa mga kahirapan at mga suliranin ng bawat salin-lahi.

C. Sa kasaysayan, ang Awit na ito ay naging pagkakilanlan sa pista ng Paskwa. Ito ang huli sa mga Hallel na Awit, Awit 113 through 118. Sinisipi ito ni Hesus ito sa panahon ng Matagumpay na Pagpasok (cf. Mateo 21:42; Marcos 12:10,11; Lucas 20:17). Ang Awit na ito ay lubhang madalas na gamitin sa NT sa upang ipaliwanag ang gawa ni Kristo (cf. Mga Gawa 4:11; taga-Roma 9:32,33; taga-Efeso 2:20; 1 Pedro 2:7).

D. Ang Hudyong Midrash ay ipinapaliwanag ang Awit sa isang pang-Mesias na kaunawaan. Ito ay tiyakang makikita sa mga paggamit at mga pagpapaliwanag ng Awit 118:22 at 26 (cf. Mateo 21:9; 23:39; Marcos 11:9; Lucas 13:35; 19:38; Juan 12:13).

E. Ang Awit na ito sa katangian ay inilalarawan ang mga karanasan ng bansa sa mga termino ng isang natatanging indibidwal, sa orihinal, ang hari ng Israel, ngunit pagkatapos ay naging isang ulirang larawan na kilala bilang Mesias (tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias). Sa kaunawaang ito, bilang ulirang Israelita, hindi lamang Niya tinupad ang talatang ito, ngunit gayundin ang Isaias 53.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 118:1-4**
**1 Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagkat siya ay mabuti:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**2 Magsabi ngayon ang Israel,**
**na ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**3 Magsabi ngayon ang sangbahayan ni Aaron,**
**na ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**4 Mangagsabi ngayon ang nangatatakot sa Panginoon,**
**na ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**

**118:1 "mangagpasalamat"** Ang Awit na ito ay nagsisimula at nagtatapos sa pagpupuri ("pasasalamat," BDB 392, KB 389, *Hiphil* PAUTOS). Isang mabuting titulo para sa Awit na ito ay "Isang Pista ng Pasasalamat."

Tulad ng personal na pagsasabuhay ng Awit na ito sa araw-araw na buhay, ito ay lubhang makahulugan na bilangin ang mga pagpapala ng Diyos sa Kaniyang bayan, kapwa sa pangkasaysayan at pagkaranasan.

▣ **"ang Panginoon"** Ito ay ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos, YHWH, mula sa Hebreong

PANDIWA, "na maging" (cf. Exodo 3:14, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos).

▣ **"Siya ay mabuti"** Kadalasang kapag nagbabasa ng OT, ang isa ay di-tiyak sa katangian ng Diyos (i.e., banal na digmaan, exodo, mga pagpapatapon). Ang Awit na ito ay muling tinitiyak sa atin ang saligang katangian ng manlilikhang Diyos (cf. 1 Cronica 16:34; Awit 25:8; 34:8; 73:1; 86:5; 100:5; 106:1; 107:1; 118:1,29; 119:68; 135:3; 136:1; 145:9; Jeremias 33:11). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel.

▣ **"sapagkat ang Kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man"** Ito ay nagpapakita ng kahabagan at katapatan ng Diyos, hindi lamang ang Kaniyang katangian ngunit gayundin Kaniyang mga panlikha at pangkatubusang gawa (cf. Nehemiah 9; Awit 136). Ang terminong ito (tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*]) ay tunay na nangangahulugang "pangkasunduang katapatan ng Diyos."

**118:2 "Magsabi ngayon ang Israel"** Ang "magsabi" (BDB 55, KB 65, *Qal* PANGKAUTUSAN) ay inuulit na tatlong beses. Ipinapakita ng Awit 118:2-4 ang tatlong magkakaibang pangkat sa loob ng Israel na tinawag na magpuri sa Panginoon. Ang tatlong pangkat na ito ay maaaring makita sa Awit 115:9-13. Ang pagkakasunod-sunod ay tila:

1. ang bansa
2. ang mga saserdote
3. silang may takot sa Panginoon (ang Jewish Study Bible, p. 1414, ay nagmumungkahi ng "mga nagbago ng paniniwala," ngunit ang Awit 15 ay nagpapahiwatig ng mga maka-Diyos na Israelita)

Sila ay nagpupuri sa Panginoon para sa Kaniyang pangkasunduang katapatan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 118:5-9**

**5Sa aking kapanglawan ay tumawag ako sa Panginoon:**
**sinagot ako ng Panginoon, at inilagay ako sa maluwag na dako.**
**6Ang Panginoon ay kakampi ko; hindi ako matatakot:**
**anong magagawa ng tao sa akin?**
**7Ang Panginoon ay kakampi ko sa gitna nila na nagsisitulong sa akin:**
**kayat makikita ko ang nasa ko sa kanila na nangagtatanim sa akin.**
**8Lalong mabuti ang manganlong sa Panginoon**
**kay sa maglagak ng tiwala sa tao.**
**9Lalong mabuti ang manganlong sa Panginoon**
**kay sa maglagak ng tiwala sa mga pangulo.**

**118:5 "Sa aking kapanglawan ay tumawag ako sa Panginoon"** Ito ay maliwanag na ang umiiral na kalalagayan ng may-akda ay ilang uri ng pagkabilanggo, pag-uusig, o suliranin. Ito ay tila ang mga namumuno sa pagsamba, maging ito ang hari o ang bansa na kinakatawan sa Mesias, ay makakaranas ng mga suliranin.

Ang terminong "kapanglawan" (BDB 865) ay isang di-karaniwang anyo na matatagpuan lamang dito sa PANG-ISAHAN. Ito ay matatagpuan sa PANGMARAMIHAN sa Panaghoy 1:3 at sa isang KAYARIAN sa Awit 116:3 (kung saan ang NASB ay isinasalin ito bilang "mga kilabot ng Sheol").

▣ **"sinagot ako ng Panginoon, at inilagay ako sa maluwag na dako"** Ito ay isang kagilagilalas na pagpapatunay na ang Diyos ay palaging dumidinig at tumugon sa ating panawagan para sa tulong (cf. Awit 118:21; 17:6; 31:2; 34:15; 40:1; 69:17; 71:21; 86:1; 102:2). Ang Hebreong salita para sa "pagkabalisa" (BDB 865) ay nangangahulugang "ikulong o idulot ang sinuman na mapailalim sa

kahirapan," habang ang talinghagang "inilagay sa maluwag na dako" (BDB 932) ay nagpapahayag ng pagkuha sa sinuman palabas sa pagkakakulong at pagpapalaya sa kanila sa isang malaking pastulan (cf. Awit 4:1; 18:19; 31:8). Ang ilang ay nag-iisip na ito ay tumutukoy sa langit (AB, p. 156), ngunit sa konteksto ito nangangahulugan lamang ng pagpapalaya mula sa isang pisikal na suliranin o pangangailangan.

**118:6 "Ang Panginoon ay kakampi ko; hindi ako matatakot;**
**anong magagawa ng tao sa akin"** Anong isang kamangha-manghang pagpapatunay ng pananampalataya na ang Diyos ay nasa ating panig (cf. Awit 16:8; 23:4; Isaias 43:1-2). At kung ang Diyos ay nasa ating panig, tagumpay ay matitiyak (cf. Awit 56:4,11). Ang presensiya ng Diyos ay ang pinakadakilang pagpapala!

▣ **"anong magagawa ng tao sa akin"** Ito ay ang pangwakas ng pananampalataya ng isang matapat na taga-sunod na, sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan at karanasan, nalalaman ang presensiya, pagkalinga, pagtutustos, at pagkukupkop ng Panginoon (cf. Awit 56:4,11; 146:3; Hebreo 13:6).

**118:7 "Ang Panginoon ay kakampi ko sa gitna nila na nagsisitulong sa akin"** Ang Hebreong wikain ay nangangahulugang "ang Panginoon ay ating panghukbong kampeon" (cf. Awit 54:4). Ang konsepto ng Diyos bilang mandirigma (cf. Isaias 59:17; taga-Efeso 6:10-12) ay napakahalaga sa kanila na nakakaranas ng di-makatarungang pag-uusig para sa Kaniyang pangalan.

▣ **"kaya't makikita ko ang nasa ko sa kanila na nangagtatanim sa akin"** "Silang nagsisitanim ng galit," na nagdulot sa salmista sa "pagkabalisa" sa Awit 118:5, ay nakapalibot sa kaniya sa Awit 118:10-13.

Ang kahatulan ng Diyos ay kapwa eskatolohiko at pansamantala. Ang mga Awit ay madalas na nagpapahayag ng pagtatanggol at katarungan sa buhay na ito (cf. Awit 23:5; 37:34; 52:5-6; 54:7; 58:10; 59:10; 91:8; 92:11; 112:8).

**118:8-9 "Lalong mabuti ang manganlong sa Panginoon**
**kay sa maglagak ng tiwala sa tao"** Ito ay isang pagpapatunay sa napaparam na pansamantalang tulong ngunit ang kaligayahan at kapangyarihan ng walang-hanggan, manunubos na Diyos (cf. 2 Cronica 32:7-8; Awit 108:12; 146:3; Isaias 2:22; 30:1-3; 31:1-3; Jeremias 17:5-8).

Ang AB (p. 157) ay ipinapahayag na ang "tao" (adan, BDB 9) sa Awit 118:8 ay pagkakaagapay sa "pangulo" (BDB 622) at na sila ay isang wikain para sa "lahat ng tao" (i.e., Awit 146:3).

Pansinin ang paggamit ng apat na *Qal* PAWATAS NA MGA KAYARIAN.

1. manganlong – BDB 340, KB 337 (dalawang beses)
2. maglagak ng tiwala – BDB 105, KB 120 (dalawang beses)

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 118:10-14**

**10 Kinubkob ako ng lahat ng mga bansa sa palibot:**
**sa pangalan ng Panginoon ay aking ihihiwalay sila.**
**11 Kanilang kinubkob ako sa palibot; oo, kanilang kinubkob ako sa palibot:**
**sa pangalan ng Panginoon ay aking ihihiwalay sila.**
**12 Kanilang kinubkob ako sa palibot na parang mga pukyutan:**
**sila ay nangamatay na parang apoy ng mga dawag:**
**sa pangalan ng Panginoon ay aking ihihiwalay sila.**
**13 Itinulak mo akong bigla upang ako ay mabuwal:**
**ngunit tulungan ako ng Panginoon.**
**14 Ang Panginoon ay aking kalakasan at awit;**
**at siya ay naging aking kaligtasan.**

**118:10-12 "Kinubkob ako ng lahat ng mga bansa sa palibot"** Ang pariralang ito ay maipapaliwanag sa maraming iba't-ibang paraan.

1. dahil sa maraming mga pagkabanggit sa kabuuan ng Awit na ito at marami pang Kasulatan, ilang mga tagapagpaliwanag ay nakita ito na tumutukoy sa yugto ng exodo.
2. maraming tagapagpaliwanag ay nagpapalagay na ang mga indibidwal na aspeto ay mas mabuting umakma sa isang yugto pagkatapos na pagpapatapon na may muling pagtatayo ng mga pader ng Herusalem (cf. Nehemiah 4:7,8).
3. ang iba ay nagpapalagay na ito ay tumutukoy sa isang eskatolohikong konteksto kung saan ang mga kaharian ng mundong ito ay lalaban sa kaharian ng ating Diyos at Kaniyang Kristo (cf. Awit 2:2; Zacarias 14:2; Pahayag 19:11- 21).

▣ **"sa pangalan ng Panginoon ay aking ihihiwalay sila"** Ang "ihihiwalay sila" (BDB 557, KB 555, *Hiphil* DI-GANAP) sa literal, ay ang Hebreong parirala na ginamit para sa pagtutuli. Dahil sa mga pang-Mesias implikasyon ng Awit na ito, ang ilan ay tinitingnan ito bilang isang pagbabagong-loob ng mga bansang Hentil. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH. Gayunman, sa konteksto, ito ay tila sa kanilang pagkawasak, hindi sa kanilang kaligtasan.

Ang inuulit na use ng "Ako" at "ko" sa Awit 118:10-13 ay nagpapahiwatig na ang may-akda ay ang hari. "kinubkob ako sa palibot" ay nagpapahiwatig ng pagkubko sa Herusalem.

**118:12** Ang dalawang talinghagang ito ay tila nagpapahiwatig sa kaguluhan na nakapaikot sa bayan ng Diyos ng mga laban sa Diyos, mga pwersa ng mundo at kanilang lubusan at kagyat na pagkawasak. Tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy.

**118:13 "itinulak akong bigla"** Ang pariralang ito ay pinapatingkad sa Hebreong ng paggamit ng *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN at ang *Qal* GANAP PANDIWA ng katulad na ugat (BDB 190, KB 218).

Ang AB (p. 158) ay nakikita itong pagkilos bilang isang wikain para sa kamatayan, batay sa konsepto ng "pagkatisod" (cf. Awit 35:6; 36:12; 56:13; 116:8; tingnan din ang NIDOTTE, tomo 1, p. 933).

**118:14 "Ang Panginoon ay aking kalakasan at awit,**
**at siya'y naging aking kaligtasan"** Ang Awit 118:14 at 15 na nagpapakilala ng awit ng tagumpay na ay inawit pagkatapos na tumawid sa Dagat na Mapula (cf. Exodo 15:2a); ang katulad na sipi ay matatagpuan sa Isaias 12:2.

Para sa "kalakasan" tingnan ang Exodo 15:2; Awit 28:8; 46:1; 59:17; 81:1; Isaias 12:2b. Ito ay kadalasang ginamit sa isang panghukbong na kaunawaan, bilang "kaligtasan/pagpapalaya."

Para sa "kaligtasan" tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan (OT na termino).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 118:15-18**
**15 Ang tinig ng kagalakan at kaligtasan ay nasa mga tolda ng matuwid:**
**ang kanan ng Panginoon ay gumagawang matapang.**
**16 Ang kanan ng Panginoon ay nabunyi;**
**ang kanan ng Panginoon ay gumagawang matapang.**
**17 Hindi ako mamamatay, kundi mabubuhay,**
**at magpapahayag ng mga gawa ng Panginoon.**
**18 Pinarusahan akong mainam ng Panginoon;**
**ngunit hindi niya ako ibinigay sa kamatayan.**

**118:15 "Ang tinig ng kagalakan"** Tingnan ang Exodo 15:6,12.

▣ **"Ang tinig ng kagalakan"** Ito ay isang pangkasaysayang pagkabanggit (o patay talinghaga) sa yugto ng palalagalag sa ilang, na palaging uliran sa mga tradisyon ng Israel bilang pagliligawan sa pagitan ng Diyos at Kaniyang bayan.

**118:15-16 "Ang kanan ng Panginoon"** Ang tatlong beses na inuulit na parirala na binibigyang-diin sa antropomorpikong mga terminong (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Diyos na Inilalarawan bilang Tao) ang kapangyarihan, presensiya, at malugod na pagpapayag ng Diyos na kumilos sa kapakanan ng Kaniyang bayan sa panahon gayundin sa walang-hanggan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay.

Ang terminong "kaliwang kamay" ay nagpapakilala ng kahinaan at hindi kailanman ginamit sa pagkilos ng Diyos.

**118:17 "Hindi ako mamamatay, kundi mabubuhay"** Ito ay maaaring isang pagbibigay-diin sa pambansang kaligtasan ngunit ginamit sa isang kaunawaan ng indibidwal.

▣ **"at magpapahayag ng mga gawa ng Panginoon"** Ito ay tumutukoy sa pagsalitang pagpupuri sa templo (cf. Awit 9:14). Ito ay isang paraan sa paghahayag sa kapwa

1. teolohiya tungkol kay YHWH (cf. Exodo 9:16; Awit 96:1-6)
2. personal na pagtitiwala kay YHWH (cf. Exodo 10:2)

Ang PANDIWA (BDB 707, KB 765, *Piel* DI-GANAP) ay nagpapakilala ng muling pagsasalaysay ng mga gawang pagliligtas ni YHWH (cf. Awit 40:5; 73:28; 78:3,4; 79:13; 107:22). Ito ay muling pagpapahayag ng mga gawa ni YHWH

1. pagtuturo sa susunod na salin-lahi ng matapat na mga taga-sunod (cf. Deuteronomio 4:9,10; 6:7,20-25; 11:19; 31:13; 32:46)
2. pangagaral ng ebanghelyo sa mga bansa (cf. Deuteronomio 4:6)

**118:18 "Pinarusahan akong mainam ng Panginoon"** Ito ay nagpapahiwatig na ang bayan ng Diyos, na sumasagisag dito bilang isang indibidwal, ay makakaranas ng lubhang mahihirap na panahon dahil ng kanilang kasalanan at kawalang-pananampalataya. Ito ay isa ring pagbibigay-diin sa katotohanan na ang Diyos ay may kapangyarihan sa kasaysayan. Ang mga bagay na ito ay hindi lamang mga walang-kabuluhan pangyayari, ngunit mayroong pangkasaysayang layunin sa pagkilos patungo sa pangwakas na katapusan at ang tagumpay ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

Ang indibidwal at panglahat na mga aspeto ay maaaring makita sa

1. paggamit ng dalawang PANG-ISAHAN MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan sa Awit 118:19,28
2. paggamit ng dalawang PANGMARAMIHAN MGA PANG-PANGKAT na ginamit sa Awit 118:24, tingnan ang *Hiphil* PANGMARAMIHAN PAUTOS sa 118:29

Tandaan din na ang "pinarusahan ng mainam" ay isang PAWATAS NA LUBUSAN at isang GANAP PANDIWA ng katulad na ugat (BDB 415, KB 418), ay nagpapakilala ng katindihan (cf. katulad na anyo ngunit iba't-ibang ugat sa Awit 118:13).

Ang Diyos ay nagdidisiplina sa Kaniyang mga anak (cf. Deuteronomio 4:36; 8:5; 2 Samuel 7:14; Job 5:17; 33:19; Awit 73:14; 94:12; 119:67,71,75; Kawikaan 3:11-12; Jeremias 31:18; 1 taga-Corinto 11:32; Hebreo 12:5-11; Pahayag 3:19).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 118:19-21**

**19 Buksan ninyo sa akin ang mga pintuan ng katuwiran;**
**aking papasukan, ako ay magpapasalamat sa Panginoon.**
**20 Ito'y siyang pintuan ng Panginoon;**
**papasukan ito ng matuwid.**
**21 Ako ay magpapasalamat sa iyo, sapagkat sinagot mo ako!**

**At ikaw ay naging aking kaligtasan.**

**118:19 "Buksan ninyo sa akin ang mga pintuan ng katuwiran"** Ang "buksan" (BDB 834, KB 986) ay isang *Qal* PAUTOS. Ang Awit 118:19-27 ay tila nagmumungkahi ng isang pagprusisyon (maaaring panghukbo) mula sa labas ng lungsod ng Herusalem patungo sa loob na dako ng templo. Ang Awit 118:19 ay hindi tumutukoy sa templo, na tiyakang nabanggit sa 118:26,27, ngunit ang mga pintong-bayan ng lungsod ng Herusalem.

**118:20 "papasukan ito ng matuwid"** Ito ay isang sanggunian sa pagprusisyong pagpasok sa banal ng looban ng lungsod o ang templo. Pansinin ang katuwirang sangkap ay hindi lamang pambansa o panlahat, ngunit indibidwal din (cf. Awit 15:1-2; 24:3-6; 26:6; 140:13; Isaias 33:13-16). Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran.

**118:21 "At ikaw ay naging aking kaligtasan"** Ang isa ay dapat tandaan na ang terminong "kaligtasan" (cf. Awit 118:14) sa OT ay nagpapahayag ng pisikal na pagpapalaya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan (OT na termino).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 118:22-29**

**22 Ang bato na itinakuwil ng nangagtayo ng bahay**
**ay naging pangulo sa sulok.**
**23 Ito ang gawa ng Panginoon:**
**kagilagilalas sa harap ng ating mga mata.**
**24 Ito ang araw na ginawa ng Panginoon;**
**tayo ay mangagagalak at ating katutuwaan.**
**25 Magligtas ka ngayon, isinasamo namin sa iyo, Oh Panginoon:**
**Oh Panginoon, isinasamo namin sa iyo, magsugo ka ngayon ng kaginhawahan.**
**26 Mapalad siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon:**
**aming pinuri kayo mula sa bahay ng Panginoon.**
**27 Ang Panginoon ay Diyos, at binigyan niya kami ng liwanag;**
**talian ninyo ang hain ng mga panali, sa makatuwid baga ay sa mga tila sungay ng dambana.**
**28 Ikaw ay aking Diyos, at magpapasalamat ako sa iyo:**
**ikaw ay aking Diyos, aking ibubunyi ka.**
**29 Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon, sapagkat siya ay mabuti:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**

**118:22 "Ang bato na itinakuwil ng nangagtayo ng bahay"** Ito ay maliwanag na ginamit sa isang kaunawaan ng kabalintunaan. Ito ay tila dito ay tumutukoy sa pambansang pagtanggi. Ngunit nauunawaan natin ito mula sa buhay ni Kristo na ito ay pansariling natupad sa Kaniya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Panulukang Bato.

▣ **"naging pangulo sa sulok"** Ito ay tila isang sanggunian sa Mesias (tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias), na ginamit sa Isaias 28:16. Ito rin ay nagpapahayag ng pagtanggi sa Mesias at ang tila pagkataloy ng layunin ng Diyos (i.e., Kalbaryo).

**118:23 "Ito ang gawa ng Panginoon;**
**kagilagilalas sa harap ng ating mga mata"** Ang mga pamamaraan ng Diyos ay lubhang naiiba sa ating mga paraan (cf. Isaias 55:9-11). Walang umaasa na ang Mesias ay Diyos na magkakatawang-tao. Walang umaasa sa Kaniyang panghaliling katubusan (cf. Isaias 53; Marcos 10:45; 2 taga-Corinto 5:21). Ngunit ito ay pinagpasyang plano ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28).

Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

**118:24 "Ito ang araw na ginawa ng Panginoon;**
**tayo ay mangagagalak at ating katutuwaan**" Ang Diyos ay ang nakakapagyari sa kasaysayan (kapwa panglahat at indibidwal)!
Ang tila isang espiritwal na kapamahakan ay ay kadalasang nagiging isang kamangha-manghang espiritwal na tagumpay!
Inimumungkahi ko ang aklat ni Hannah Whithall Smith, *Thie Christian's Secret of a Happy Life*.

▣ Para sa "araw," tingnan ang Natatanging Paksa: Araw (*yom*).

**118:25 "Magligtas ka, Oh Panginoon"** Ito ay ang terminong "Hosanna," na isinawika tungkol kay Hesus sa matagumpay na pagpasok sa Herusalem sa panahon ng huling linggo ng Kaniyang buhay sa mundo (cf. Mateo 21:42,45). Kung anuman ang orihinal na pangkasaysayang kalalagayan ng Awit na ito, ito ay dumating na ginamit ng unang siglong rabbinikong Judaismo bilang isang seremonya sa pagtanggap para sa mga manlalakbay na pumapasok sa lungsod para sa Paskwa. Gayunman, nang si Hesus ay nagpakita, kinuha nila ang isang taunang pagbati at ginawa itong lubhang personal sa Kaniya.
Ang talatang ito ay nagsisimula sa dalawang MGA PAUTOS.

1. magligtas – BDB 446, KB 448, *Hiphil*
2. magsugo ng kaginhawahan – BDB 852 II, KB 1026, *Hiphil*

Sa OT teolohiya (i.e., "ang dalawang paraan," cf. Deuteronomio 30:15,19; Awit 1), ang pagpapatawad at pagtanggap ng Diyos ay naipapakita nang malinaw sa pamamagitan ng kasaganahan. Gayunman, hindi ito palanging napapatunayan (cf. Job, Awit 73).

**118:26 "Mapalad siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon"** Ang paggamit ng pariralang ito sa ang NT ay naglalagay sa isang pang-Mesias na aspeto sa Hallel na Awit na ito (cf. Mateo 21:9; 23:39; Marcos 11:9; Lucas 13:35; 19:38; Juan 12:13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias.

**118:27**
**NASB, NRSV,**
**TEV, JPSOA "Ang Panginoon ay Diyos"**
**NKJV "Diyos *ay* ang Panginoon"**
Wala ditong PANDIWA, tanging *El* (BDB 42) at YHWH (BDB 217). Ang katulad na anyo ay makikita sa Awit 85:9. Ang katulad na pagsasama na walang PANDIWA ay nasa Awit 118:28, *El* (sa literal, "Aking *El*") din at PANGHALIP (BDB 61).
Ang pagka-Diyos ng Israel ay may maraming pangalan.

1. ilan ay lumago sa pamamagitan ng kasaysayan
2. ilan ay mga titulo ng mga paganong diyos na pinagpalagay sa Diyos ng Israel
3. ilan ay nagpapakita ng iba't-ibang aspeto ng Kaniyang pagka-Diyos
4. ilan ay mga patulang pag-aagapay para sa mga pampanitikang layunin

▣ **"binigyan niya kami ng liwanag"** Mayroong nakikitang iba't-ibang mga pagpapaliwanag.

1. personal na presensiya ng Diyos – Awit 89:15; 90:8
2. kapahayagan ng Diyos
   a. Banal na Kasulatan – Awit 19:8; 36:9; 119:105; Isaias 51:4
   b. Mesias – Isaias 49:6; Mikas 7:8; Juan 1:9; 3:19-21; 12:35-36; 1 Juan 2:8
3. pagpapala ng Diyos – Bilang 6:25
4. ang *Shekinah* na ulap ng exodo – Exodo 13:21-22; 14:20
5. ang dinadalang karwaheng trono ng Diyos – Ezekiel 1:4,27

▣**“talian ninyo ang hain ng mga panali, sa makatuwid baga ay sa mga tila sungay ng dambana”** Ito ay isang napakahirap na Hebreong parirala at maaaring maunawaan sa maraming iba’t-ibang paraan.

1. “inuugnay na magkakasama sa mga manlalakbay” – Kinapapalooban nito ang isang pag-aayos ng teksto batay sa Dead Sea Scrolls.
2. “sa mga sanga sa iyong kamay na iwinawagayway sa prusisyon” – Ito ay ang salin ng Jerusalem Bible (JB) at ang NIV; ito ay tila sa sanggunian ng pagkabanggit sa OT ng mga sanga na ginamit sa Pista ng mga Tabernakulo (cf. Levitico 23:40). Ang terminong “mga panali” ay maaaring ginamit para sa mga sanga (cf. Ezekiel 19:11; 31:3,10,14).
3. “dalhin ang mga alay sa mga sungay ng dambana” – Ito ay tila pinakaangkop sa konteksto, at ang terminong “tinali” ay matatagpuan sa ganitong kahulugan sa Mga Hukom 15:13; 16:11; Ezekiel 3:25.
4. Ang konsepto ng pag-aalay ay tila makikita sa panghaliling pagtubos ni Kristo (i.e., Isaias 52:13-53:12), na may pagkabanggit sa Masoretikong Text ng Mal. 2:3. Ang mga sungay ng dambana ay ang pinakabanal na bahagi ng dambana kung saan ang sakripisyong dugo ay ipinapahid (cf. Exodo 27:2; 30:10; Levitico 4:7,18, 25,30,34; 8:15; 9:9; 16:18).

**118:28-29** Ang Awit na ito ay nagwawakas na gaya ng pagsisimula nito, na may isang pista ng pasasalamat (i.e., BDB 392, KB 389, *Hiphil* MGA PAUTOS) sa Diyos kung sino Siya, ano ang Kaniyang ginawa, at ano ang Kaniyang gagawin para sa kapakanan ng Kaniyang matapat na mga taga-sunod.

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang lahat ng mga pagpapala na ipinagkaloob sa atin ng Diyos sa Awit na ito.
2. Bakit maraming mga iskolar ang nag-iisip na ang Awit na ito ay pasalit-salit (antiphonal)?
3. Paano naipapakilala ang mga bansa sa hari at pagkatapos ay sa Mesias?
4. Ipaliwanag ang pang-Mesias na mga sangkap ng Awit 118:22 at 26, kung paano sila umaakma sa sinaunang Israel at paano sila umaakma sa buhay ni Kristo.
5. Ano ay isang kanais-nais na salin ng Awit 118:27? Ano ang mga implikasyon nito sa buhay at ministeryo ni Hesus ng Nazareth?

# AWIT 119

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagninilay at Panalangin sa Kautusan ng Diyos <u>Walang Panimula sa MT</u> | Mga Pagninilay sa mga Kahusayan ng Salita ng Diyos | Mga Pagninilay sa Kautusan ng Diyos | Ang Kautusan ng Panginoon | Sa Pagpuri ng Banal na Kautusan |
| 119:1-8 | 119:1-8 | 119:1-8 | 119:1-8 | 119:1-8 |
| (*Aleph*) | | | | |
| | | | Pagsunod sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:9-16 | 119:9-16 | 119:9-16 | 119:9-16 | 119:9-16 |
| (*Beth*) | | | | |
| | | | Kaligayahan sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:17-24 | 119:17-24 | 119:17-24 | 119:17-24 | 119:17-24 |
| (*Gimel*) | | | | |
| | | | Pagpapasya na Sumunod sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:25-32 | 119:25-32 | 119:25-32 | 119:25-32 | 119:25-32 |
| (*Daleth*) | | | | |
| | | | Isang Panalangin para sa Kaunawaan | |
| 119:33-40 | 119:33-40 | 119:33-40 | 119:33-40 | 119:33-40 |
| (*He*) | | | | |
| | | | Pagtitiwala sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:41-48 | 119:41-48 | 119:41-48 | 119:41-48 | 119:41-48 |
| (*Vav*) | | | | |
| | | | Pananalig sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:49-56 | 119:49-56 | 119:49-56 | 119:49-56 | 119:49-56 |
| (*Zayin*) | | | | |
| | | | Debosyon sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:57-64 | 119:57-64 | 119:57-64 | 119:57-64 | 119:57-64 |
| (*Heth*) | | | | |
| | | | Ang Halaga ng Kautusan ng Panginoon | |
| 119:65-72 | 119:65-72 | 119:65-72 | 119:65-72 | 119:65-72 |
| (*Teth*) | | | | |
| | | | Ang Katarungan ng Kau-tusan ng Panginoon | |
| 119:73-80 | 119:73-80 | 119:73-80 | 119:73-80 | 119:73-80 |
| (*Yodh*) | | | | |
| | | | Panalangin sa Pagpapalaya | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 119:81-88 (*Kaph*) | 119:81-88 | 119:81-88 | 119:81-88 | 119:81-88 |
| | | | Pananampalataya sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:89-96 (*Lamedh*) | 119:89-96 | 119:89-96 | 119:89-96 | 119:89-96 |
| | | | Pag-ibig para sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:97-104 (*Mem*) | 119:97-104 | 119:97-104 | 119:97-104 | 119:97-104 |
| | | | Liwanag mula sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:105-112 (*Num*) | 119:105-112 | 119:105-112 | 119:105-112 | 119:105-112 |
| | | | Kaligtasan sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:113-120 (*Samekh*) | 119:113-120 | 119:113-120 | 119:113-120 | 119:113-120 |
| | | | Pagsunod sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:121-128 (*Ayin*) | 119:121-128 | 119:121-128 | 119:121-128 | 119:121-128 |
| | | | Pagnanais na Sumunod sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:129-136 (*Pe*) | 119:129-136 | 119:129-136 | 119:129-136 | 119:129-136 |
| | | | Katarungan ng Kautusan ng Panginoon | |
| 119:137-144 (*Tsadhe*) | 119:137-144 | 119:137-144 | 119:137-144 | 119:137-144 |
| | | | Panalangin sa Pagpapalaya | |
| 119:145-152 (*Qoph*) | 119:145-152 | 119:145-152 | 119:145-152 | 119:154-152 |
| | | | Pagsamo sa Tulong | |
| 119:153-160 (*Resh*) | 119:153-160 | 119:153-160 | 119:153-160 | 119:153-160 |
| | | | Pagtatalaga sa Kautusan ng Panginoon | |
| 119:161-168 (*Shin*) | 119:161-168 | 119:161-168 | 119:161-168 | 119:161-168 |
| | | | Panalangin sa Tulong | |
| 119:169-176 (*Tav*) | 119:169-176 | 119:169-176 | 119:169-176 | 119:169-176 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
## *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

I. Panimulang Pagpapahayag

Bilang isa sa nagmamahal sa Bibliya at naggugugol ng kaniyang buhay sa pag-aaral nito, ang Awit na ito ay isang natatanging kayamanan (gaya ng Awit 19). Ang Bibliya, ang isinulat salita ng Diyos, ay pinahintulutan akong malaman ang Buhahay na Salita ng Diyos, si Hesus (cf. Juan 1:1-14; taga-Filipos 2:6-11; taga-Colosas 1:13-16; Hebreo 1:2-3). Ang pagpapalinaw o iluminasyon ng Espiritu ay pinahintulutan akong gawin ang tulad ng ginawa ni Ezra (Ezra 7:10). Ang Awit 119 ay tunay na naging

A. isang pagpapala, Awit 119:1
B. isang pamumuhay na pananampalataya, Awit 119:1-2
C. isang ilawan sa aking mga paa at isang liwanag sa aking landas, Awit 119:105

Aking ipinagkakatiwala ito sa inyo na may malaking kaligayahan, kapayapaan, at pag-asa na ito ay mabisang magbubunga ng

A. isang pagnanais na pag-aralan ang Bibliya
B. isang pagnanais na impamuhay ang Bibliya
C. isang mas malalim na personal na pakikipag-ugnayan sa Trinidad na Diyos

Isa pang pagpapaliwanag tungkol sa paano ako pinaliwanag ang ganito kahabang Awit. Ito ay napakahaba at paulit-ulit, na aking pinagpasyahan na ipaliwanag ang bawat istropa (i.e., bawat magkakasunod na titik ng Hebreong alpabeto). Aking sinikap na ipaliwanag na may pagtatangi ang bawat yunit at hindi ginawang isang pangkalahatang buod.

II. Pangkasaysayang Kalagayan

A. Ang Arabeng salin ay tinala si David bilang may-akda.

B. Si Dahood, sa *Anchor Bible Commentary*, ay nagpapahayag na isang nagkakaisang kaharian (Saul – Solomon) ang lubhang maaaring petsa. Siya ay nakarating dito sa pamamagitan ng
   1. paghahambing ng Awit na ito sa salin nito na matatagpuan sa mga Dead Sea Scrolls at
   2. ang Awit na ito ay naglalamang ng maraming sangkap bago pa ang pagpapatapon.

C. Si Leupold ay nakikita ang kalalagayan bilang pagkatapos ng pagpapatapon (Ezra,

Nehemiah, Haggai, Malakias). Binatay niya ito sa:

1. mga suliranin na nauugnay sa pagpapatira at pag-uusig na madalas nabanggit sa mga Awit
2. ang kawalang ng anumang pagkabanggit sa sistema ng pag-aalay ang nagdulot sa kaniya na maniwala na ang kawalang ng templo at mga ritwal nito, kaalinsabay ng isang pagdami ng lugar sa pag-aaral ng Bibliya, umaakma ito nang pinakamainam sa isang maagang yugto sa pagkatapos ng pagpapatapong kalalagayan.

D. Ang pagdiriwang para sa Awit na ito ay kaligayahan (cf. Awit 119:14,16,24,35,47,70,77, 92,111,143,162,174) at pagtitiwala sa Diyos at Kaniyang inihayag na katotohanan sa gitna ng pag-uusig. Ang kaalamang ito ay nagdudulot ng kapayapaan at katatagan.

III. Mga Pampanitikang Sangkap

A. Ito, tulad ng mga Awit 9-10; 25; 34; 37; 111; 112; at 145, ay isang akrostiko batay sa dalawampu't-dalawang mga titik ng Hebreong alpabeto. Ang katulad na anyo ay matatagpuan sa Kawikaan 31:10-31 at ang unang apat na mga kabanata ng Panaghoy. Ito ay ang pinakamahabang at pinakamaunlad na akrostiko sa Bibliya. Ang bawat-isa Hebreong titik ay nagsisimula sa walong talata.

B. Mayroong inuulit na paksa sa bawat talata ng Awit na ito na kaugnay mga pagtuturo ng Diyos sa sangkatauhan. Ang may-akda ay gumagamit ng maraming magkakasingkahulugan para sa Kautusan (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos, cf. Awit 19:7-9):

1. ang Kautusan – na ginamit ng 25 beses
2. ang mga patotoo – na ginamit ng 23 beses
3. ang mga tuntunin – na ginamit ng 21 beses
4. ang mga palatuntunan – na ginamit ng 20 beses
5. ang mga utos – na ginamit ng 22 beses
6. ang mga kahatulan – na ginamit ng 23 beses
7. ang Salita – na ginamit ng 24 beses
8. ang mga salita – na ginamit ng 19 beses
9. ang daan – na ginamit ng 13 beses
10. ang katotohanan o katapatan – na ginamit ng 5 beses
11. ang katuwiran – na ginamit ng 14 beses

C. Ang mga kahulugan ni Kimchi (i.e., isang Hudyang tagapagsuri, A.D. 1160-1235) sa magkakasingkahulugan na ginamit para sa kapahayagan ng Diyos sa tao:

1. ang Kautusan – "ito ay ang pagtatalaga ng mga tungkulin at paano sila maisasakatuparan"
2. ang mga patotoo – "mga tuntunin na apara sa isang patotoo o panglahat na komunikasyon"
3. ang mga tuntunin –ginamit na "mga tuntunin na ang dahilan ay itinuturo, na katulad nito, ay nakalagak sa ating kalikasan"
4. ang mga palatuntunan – "mga tuntunin na ang mga kadahilanan ay hindi nalalaman"
5. ang mga kahatulan – "ang mga kahatulan na darating sa pagitan ng isang tao at kaniyang kapwa"
6. ang daan – "ang daan ay ang pangangasiwa na nakabatay sa Banal na Kasulatan"

D. Ang kapahayagan ng Diyos at persona ng Diyos ay pinagsama sa Awit na ito. Ang

makilala ang kapahayagan ng Diyos ay makilala Siya. Ang kumapit sa kapahayagan ng Diyos ay kumapit sa Kaniya (i.e., ipaghambing ang Awit 119:31a sa Deuteronomio 10:20).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:1-8 (*Aleph*)**

**1 Mapalad silang sakdal sa lakad,**
**na nagsisilakad sa kautusan ng Panginoon.**
**2 Mapalad silang nangagiingat ng kaniyang mga patotoo,**
**na nagsisihanap sa kaniya ng buong puso.**
**3 Oo, silang hindi nagsisigawa ng kalikuan;**
**sila ay nagsisilakad sa kaniyang mga daan.**
**4 Iyong iniutos sa amin ang mga tuntunin mo,**
**upang aming sunding masikap.**
**5 Oh matatag nawa ang aking mga daan,**
**upang sundin ang mga palatuntunan mo!**
**6 Hindi nga ako mapapahiya,**
**pagka ako ay nagkaroon ng galang sa inyong lahat na mga utos.**
**7 Ako ay magpapasalamat sa iyo sa pamamagitan ng katuwiran ng puso,**
**pagka aking natutuhan ang mga matuwid mong kahatulan.**
**8 Aking tutuparin ang mga palatuntunan mo:**
**Oh huwag mo akong pabayaang lubos.**

**119:1** Ang istropang ito ay inilalarawan ang "pinagpala" (BDB 80, cf. Awit 1:1, tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapala [OT]).

1. silang sa lakad (i.e., pamumuhay) ay sakdal (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Kasalanan, Inosente, Walang Sala, Walang Kasiraan), Awit 119:1a
2. silang nagsisilakad sa kautusan ng ang Panginoon – isa pang paraan sa pagpapahayag ng masunuring pamumuhay, Awit 119:1b, 3b
3. silang nag-iingat ng Kaniyang patotoo, Awit 119:2a
4. silang nagsisinahap sa Kaniya ng buong puso; Awit 119:2b (tingnan ang Natatanging Paksa: Puso), cf. Awit 9:10; 14:12 (at silang naghahanap sa Kaniyang kautusan, Awit 119:45,94,155)
5. silang hindi nagsisigawa ng kalikuan, Awit 119:3a
6. silang sumusunod sa kasunduan ng Diyos, Awit 119:4b,5b,8b
7. silang tumutupad sa Kaniyang mga palatuntunan, Awit 119:8a

Pansinin ang pagbibigay-diin sa pagkaalam ng kapahayagan ng Diyos at pagkatapos ay sa pagtupad nito! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pag-iingat

▣ Mayroong maraming mga terminong naglalarawan sa kapahayagan ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos).

1. kautusan (BDB 435), Awit 119:1b
2. mga patotoo (BDB 730), Awit 119:2a
3. mga daan (BDB 202), Awit 119:3b, 5a
4. mga tuntunin (BDB 824), Awit 119:4a
5. mga palatuntunan (BDB 349), Awit 119:5b, 8a
6. mga utos (BDB 846), Awit 119:6b
7. mga kahatulan (BDB 1048), Awit 119:7b

Gayundin, ang bawat talata sa mahabang akrostikong Awit na ito ay nagbabanggit ng isa sa mga ito (o maraming iba pa, tulad ng "salita" sa Awit 119:9,11,16, o "mga kahatulan," Awit 119:13,30,39,43,52,62, 75, 84, 102, 106, 120, 137, 147, 149, 156, 160,164,175).

**119:2 "nangagiingat"** Ito ay isang susing aspeto ng maka-Diyos na pamumuhay. Ito ay ginamit sa maraming bagay.

1. iniingatan ang mga palatuntunan – Awit 119:2,22,129
2. iingatan ang mga atas – Awit 119:33,34,145
3. iingatan ang mga tuntunin – Awit 119:56,69,100
4. iingatan ang mga utos – Awit 119:115
5. iingatan ang kautusan – Awit 119:34

▣ **"sa kaniya ng buong puso"** Ang lubusang pagtatalaga ay napakahalaga (cf. Deuteronomio 4:29; 6:5; 10:12; 11:13; 13:3; 30:2). Ito ay naging isang wikain para sa lubusang pagsuko kay YHWH at Kaniyang kalooban. Si David ay may isang pusong tulad nito, gaya ng ginawa ni Solomon hanggang sa kaniyang katandaan! Ang pagtatalaga sa isang punto ng buhay ay hindi sapat! Si David ay nagkasala ngunit siya nagsisisi. Ang pagpapanatili ng pakikipag-ugnayan susi, hindi ang kawalang kasalanan (cf. 1 Juan 1:9).

**119:6 "Hindi nga ako mapapahiya"** Sa ANE, ang "pagkapahiya" ay may kapwa

1. panloob na aspeto – mga damdaming ng pagkakahiya at hinahamak sa madla, na kaunawaan ng pagtanggi ng pamilya at mga kaibigan, pagkawala ng reputasyon
2. panlabas na aspeto – pagiging mahirap, walang kapangyarihan
3. pangrelihiyong aspeto – pagtanggi ni YHWH, cf. Awit 25:20; 31:1; 71:1; 119:6,31,46,80

Kadalasang ang mga Awit ay hinihingi sa Diyos "ipahiya" ang mga kaaway (cf. Awit 35:4; 70:2; 71:13; 86:17; 119:78; tingnan din ang Mateo 10:33; Marcos 8:38; Lucas 12:9).

**119:8 "huwag mo akong pabayaang lubos"** Ang PANDIWA (BDB 736, KB 806, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan) ay isang inuulit na pag-iyak kay YHWH (cf. Awit 38:21; 71:9,18). Huwag kang lumayo, o iwan ako sa aking sariling kaparaanan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:9-16 (*Beth*)**

**9 Sa paano lilinisin ng isang binata ang kaniyang daan?**
**Sa pagdinig doon ayon sa iyong salita.**
**10 Hinanap kita ng aking buong puso:**
**Oh huwag nawa akong malihis sa iyong mga utos.**
**11 Ang salita mo ay aking iningatan sa aking puso:**
**upang huwag akong magkasala laban sa iyo.**
**12 Mapalad ka, Oh Panginoon:**
**ituro mo sa akin ang mga palatuntunan mo.**
**13 Aking ipinahayag ng aking mga labi**
**ang lahat ng mga kahatulan ng iyong bibig.**
**14 Ako ay nagalak sa daan ng iyong mga patotoo,**
**na gaya ng lahat na kayamanan.**
**15 Ako ay magbubulay sa iyong mga tuntunin,**
**at gagalang sa iyong mga daan.**
**16 Ako ay magaaliw sa iyong mga palatuntunan:**
**hindi ko kalilimutan ang iyong salita.**

**119:9 "isang binata"** Ang may-akda ng Awit 119 ay kadalasang inihahayag ang pangangailanga para sa "binatang" mga taga-sunod na panatilihin ang kanilang maka-Diyos na pamumuhay.

Ang sakdal na daan ay itinakda bilang pang-iingat ng kapahayagan ng Diyos (i.e., salita). Ito ay nangangailangan ng isang palagiang "pagbabantay" (BDB 1036, KB 1581).

**119:10 "Hinanap kita ng aking buong puso"** Tingnan ang tala sa Awit 119:2b.

▣ **"I have sought You"** Ang PANDIWA (BDB 205, KB 233) ay madalas gamitin sa Awit na ito (cf. Awit 119:2,10,45, 94,155). Ito ay nagpapakilala isang masikap na buhay ng panalangin, pag-aaral, at pagsamba.

▣ **"malihis"** Ang PANDIWA (BDB 993, KB 1413, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan) ay matatagpuan sa isang negatibong pahayag sa Awit 119:21,118. Ito ay ginamit lamang ng tatlong beses sa mga Awit, ngunit anim na beses sa Kawikaan. Ito ay ginamit ng "mga di-kinukusang kasalanan" sa Levitico 4:13; Bilang 15:22. Mag-ingat sa "na" na nagdudulot sa matapat na mga taga-sunod na ilihis ang kanilang mga mata sa mga maliwanag na minarkahang landas ni YHWH.

**119:11 "Ang salita mo ay aking iningatan sa aking puso"** Ang pariralang ito ay ginamit sa pagtugon ni Marias sa mensahe ng anghel (cf. Lucas 2:19,51). Ang salita ng Diyos ay lubhang napakahalaga (cf. Awit 19:10; 119:14b). Ang Bibliya mo ba ay mahalaga sa iyo? Binabasa mo ba ito, pinag-aaralan ito, isinasabuhay ito, at tinuturo ito sa iba (cf. Ezra 7:10)?

Ang PANDIWA (BDB 860, KB 1049, *Qal* GANAP) sa literal ay "iningatan" at isang wikain para sa pagsasaulo ng salita ng Diyos (cf. Job 23:12; Kawikaan 2:1; 7:1).

**119:12 "teach me"** Ito ay isang *Piel* PAUTOS (BDB 540, KB 531). Ito ay madalas gamitin sa Awit 119 (cf. 119:7,12,26,64,66,68,71,73,99,108,124,135,171). Ang katotohanan ay hindi nagmula sa pantaong pagsisikap ngunit sa

1. Espiritu ng Diyos
2. kapahayagan ng Diyos
3. personal pagtatalaga sa Diyos
4. masikap na pag-aaral
5. personal na pagsasabuhay

**119:13** Ang linyang ito ng panulaan ay nagpapahiwatig isang kalalagayan pagsamba sa templo.

**119:14** Sa mga matapat na taga-sunod ng mga kapahayagan ng Diyos, ang pinakamahalagang bagay sa mundo (cf. Awit 19:10; 119:72;127; Kawikaan 8:10,11,19).

**119:15** Ang talatang ito ay may dalawang MGA PANG-PANGKAT.

1. nagbubulay – BDB 967, KB 1319, *Qal*, cf. Awit 119:23,27,48 (dalawang beses), 78,148. Ang pagbubulay sa salita ng Diyos ay ang simula ng Aklat ng mga Awit (cf. Awit 1:2). Ang pagbubulay na ito ay inilarawan sa Deuteronomio 6:6-9.
2. igagalang – BDB 613, KB 661, *Hiphil*, cf. Awit 119:6,15,18

Ang dalawang ito ay nagpapahiwatig ng masigasig na pag-aaral. Kailangan nito ang panahon, pagsisikap, pagtatalaga, at pagtatakda ng oras! Tingnan ang Seminar of Bible Interpretation sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

**119:16 "Ako ay mag-aaliw"** BDB 1044, KB 1613, *Hithpalpel* DI-GANAP, cf. Awit 119:24,35,47,70,77,92, 143, 174.

▣ **"hindi ko kalilimutan"** BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP, kabaligtaran, cf. Awit 119:61,83,93,109, 141, 153,176 (ang huling linya ng Awit 119).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:17-24 (*Gimel*)**

**[17]Gawan ng mabuti ang iyong lingkod,**
**upang ako ay mabuhay; sa gayo'y aking susundin ang iyong salita.**
**[18]Idilat mo ang aking mga mata,**
**upang ako ay makakita ng kagilagilalas na mga bagay sa iyong kautusan.**
**[19]Ako ay nakikipamayan sa lupa:**
**huwag mong ikubli ang mga utos mo sa akin.**
**[20]Ang puso ko'y nadudurog sa pananabik na tinatamo**
**sa iyong mga kahatulan sa lahat ng panahon.**
**[21]Iyong sinaway ang mga palalong sinumpa,**
**na nagsisihiwalay sa iyong mga utos.**
**[22]Alisin mo sa akin ang kadustaan at kakutyaan;**
**sapagkat iningatan ko ang iyong mga patotoo.**
**[23]Mga pangulo naman ay nagsiupo, at naguusap ng laban sa akin;**
**ngunit ang lingkod mo ay nagbulay sa iyong mga palatuntunan.**
**[24]Ang mga patotoo mo naman ay aking mga kaluguran**
**at aking mga tagapayo.**

**119:17** Pansinin na ang salmista ay humihingi ng pagpapala sa Diyos (i.e., “makitungo nang masagana,” BDB 168, KB 197, *Qal* PAUTOS) upang tulungan siyan maging isang mas mabuting “lingkod” (BDB 713).

1. ako ay mabuhay – BDB 310, KB 309, *Qal* DI-GANAP na **g**inamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
2. hindi ko kakalimutan ang Iyong salita – BDB 1036, KB 1581, *Qal* PANG-PANGKAT

Ang mga pagpapala ay hindi para sa personal na paggamit o kaluwagan ngunit upang mapalakas, mapalalim, at mapalawak ang gawain ng Diyos sa mundo.

▣ **“Iyong salita”** Tingnan ang tala sa Awit 119:1 at Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

**119:18** Ang katulad na pananaw sa mundo na ang Diyos ang nagpapalakas sa Kaniyang mga lingkod ay ipinapahayag sa talatang ito. Ang sinuman ay hindi makikita (sa literal, “alisin ang takip,” BDB 162, KB 161, *Piel* PAUTOS) o maunawaan ang kalooban at kaparaanan ng Diyos na wala ang Kaniyang Tulong. Tingnan ang Natatanging Paksa: Iluminasyon.

▣ **“kagilagilalas na mga bagay”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kahanga-hangang Bagay.

▣ **“Iyong kautusan”** Tingnan ang tala sa Awit 119:1.

**119:19 “Ako ay nakikipamayan sa lupa”** Ito ay ang pananaw sa mundo ng isang matapat na taga-sunod. Ang Pagkahulog sa Genesis 3 ay binagong-anyo ang planetang ito sa isang lugar ng pansamantalang pagtira at paglalakbay (cf. 1 Cronica 29:15; Awit 119:54; Hebreo 11:13-16). Tayo ay nag-aasam para sa isang malalim na pakikipag-ugnayan sa ating Manlilikha, isang ugnayan kung saan tayo ay nilikha (cf. Genesis 1:26,27; 3:8). Ang mundo ito ay hindi na natin tahanan!

Ang talinghaga ng isang “banyaga/manlalakbay” (BDB 158) ay nagmula sa salita ni YHWH kay Abraham tungkol sa kaniyang mga ninuno na mga banyaga sa Ehipto (cf. Genesis 15:13). Si Abraham ay tinawag ang kaniyag sarili sa terminong ito sa Genesis 23:4. Ito ay naging pangalan ng isa sa mga anak ni Moises sa Exodo 2:22. Ang mga Israelita ay sinabihang magkaloob ng katarungan at kahabagan sa “mga banyaga/mga dayuhan” dahil sila ay minsang naging katulad (cf. Exodo 23:9). Sinasabing si Abraham ay patuloy na hinahanap ang isang lungsod ng Diyos (cf. Hebreo 11:10). Ito ay nagtuturo sa kabila ng buhay na ito. Ninanais ni YHWH na ibahagi ang kawalang-hanggang sa Kaniyang matapat na

mga taga-sunod!

▣ **"huwag mong ikubli ang mga utos mo sa akin"** Ang kasalanan ang nagdudulog ng isang espiritwal na pagkabulag (cf. 1 taga-Corinto 13:12). Kinikilala ng Bibliya ang dalawang uri ng espiritwal na pagkabulag.

1. pinataw ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: pinatigas ng Diyos)
2. pinataw ng sarili (i.e., Juan 9:13-41)

**119:20** Ang tunay na matapat na taga-sunod ay hinahanap ang Diyos at Kaniyang salita na may matapat na pagsisikap!

Ang PANDIWA na "nadurog" (BDB 176, KB 203, *Qal* GANAP) ay makikita lamang dito at sa Panaghoy 3:16. Ang salitang "pananabik" (BDB 1060) ay makikita lamang dito.

▣ **"kaluluwa"** Ang "kaluluwa" ay nananabik para kay YHWH (cf. Awit 42:2; 63:2; 119:81; 143:6). Para sa isang pagtalakay ng *nephesh* (BDB 659) tingnan ang tala sa Genesis 35:18 sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

**119:21** Ang kawalang pananampalataya ay mailalarawan bilang

1. palalo (i.e., sa kanilang nakaalam ngunit piniling maghimagsik) – BDB 267, cf. Awit 86:14; 119:51,69,78, 85,122
2. ang sinumpa – BDB 76, KB 91
3. nagsisihiwalay mula sa mga utos ng Diyos – BDB 993, KB 1413

**119:22 "Alisin mo ang kadustaan at kakutyaan"** Ang PANDIWA (sa literal, "pagulungin palayo," BDB 164, KB 193, *Qal* PAUTOS) ay isang panalangin para sa paghingi na kapatawaran.

1. kadustahan – BDB 357, cf. Awit 69:19,20
2. kakutyaan – BDB 100 II, cf. Awit 123:3-4

Ang dahilan kung bakit dapat magpatawad ng Diyos ay dahil tinutupad ng Salmista ang Kaniyang mga utos (i.e., ang dalawang daan, cf. Deuteronomio 30:15,19).

Mayroong ilang pagtalakay sa gitna ng mga iskolar kung saan nagmula ang Hebreong ugat ng PANDIWA ng Awit 119:22a.

1. tanggalin ang takip – (sa literal, "kalbuhin," גלה, BDB 164 [MT])
2. pagulungin palayo – גלל, BDB 164 II mula sa Joshue 5:9; Awit 22:9

**119:23-24 "Mga pangulo naman ay nagsiupo, at naguusap ng laban sa akin"** Ang paggamit ng "mga pangulo" (BDB 978, cf. Awit 118:9) ay nagpapahiwatig na

1. ang salmista ay isang mayaman, makapangyarihang pinuno, maaaring ang hari
2. mayroong pag-iigting sa loob ng pambansang pamunuan

Gayunman, sa kaguluhang nagngangalit sa salmista ay tumutuon sa katotohanan at mga pangako ng kapahayagan ng Diyos. Ang tunay na kapayapaan at katatagan ay matatagpuan lamang sa Kaniya, hindi sa mga pangyayari o lumilipas na katanyagan, kapangyarihan, kayamanan, o katungkulan.

Ang Peshitta ay isinasalin ang "mga pangulo" (BDB 978, cf. Awit 119:161) bilang "makasalanan" o "masamang tao," na nagtatanggal ng anumang pahiwatig sa tungkulin ng salmista bilang isang pinuno.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:25-32 (*Daleth*)**

**25 Ang kaluluwa ko'y dumidikit sa alabok:**
**buhayin mo ako ayon sa iyong salita.**
**26 Aking ipinahayag ang mga lakad ko, at ikaw ay sumagot sa akin:**
**ituro mo sa akin ang mga palatuntunan mo.**
**27 Ipaunawa mo sa akin ang daan ng iyong mga tuntunin:**

**sa gayo'y aking bubulayin ang iyong kagilagilalas na mga gawa.**
**28 Ang kaluluwa ko'y natutunaw sa kabigatan ng loob:**
**iyong palakasin ako ayon sa iyong salita.**
**29 Ilayo mo sa akin ang daan ng kasinungalingan:**
**at ipagkaloob mo sa aking may pagbibiyaya ang iyong kautusan.**
**30 Aking pinili ang daan ng pagtatapat:**
**ang mga kahatulan mo ay inilagay ko sa harap ko.**
**31 Ako ay kumapit sa iyong mga patotoo:**
**Oh Panginoon, huwag mo akong ilagay sa kahihiyan.**
**32 Aking tatakbuhan ang daan ng iyong mga utos,**
**pagka iyong pinalaki ang aking puso.**

**119:25** Ang unang linya ay nagbibigay ng kalalagayan sa buhay ng salmista (cf. Awit 44:25). Nararamdaman niyang ay malapit na sa kamatayan, kung ito may pagkakasakit o paghihimagsik ay di-ipinahayag, ngunit ang Awit 119:23 ay nagpapahiwatig ng sabwatan sa hukuman (bagaman dahil sa balangkas ng akrostiko ng Awit, ito ay di-tiyak kung ang pampanitikang konteksto o ang pagtutugma ay ang gabay na salik).

Ang salmista ay may isang kalipunan ng mga kahilingan sa panalangin.

1. buhayin mo ako ayon sa iyong salita, Awit 119:25b – BDB 310, KB 309, *Piel* PAUTOS, cf. Awit 119:37,40,88,93,107,149,154,156,159. Ito ay nangangahulugang
   a. panatilihin
   b. buhayin
2. ituro mo sa akin ang mga palatuntunan mo, Awit 119:26b – BDB 540, KB 531, *Piel* PAUTOS, cf. 119:12,26,64,68, 108,124,135,171
3. Ipaunawa mo sa akin ang daan ng iyong mga tuntunin, Awit 119:27a – BDB 106, KB 122, *Hiphil* PAUTOS, cf. 119:34,73,125,144,169
4. iyong palakasin ako ayon sa iyong salita, Awit 119:28b – BDB 827, KB 1086, *Piel* PAUTOS. Ang BDB ay nagmumungkahi na ang PANDIWA sa *Piel* ay nangangahulugang
   a. tuparin, sa Awit 119:106
   b. pagtibayin, dito
5. Ilayo mo sa akin ang daan ng kasinungalingan, Awit 119:29a – BDB 693, KB 747, *Hiphil* PAUTOS. "Ang bulaang daan" ay isang tuwirang kabaliktaran ng "magpakailan mang daan" ng Awit 139:24.
6. ipagkaloob mo sa aking may pagbibiyaya ang iyong kautusan, Awit 119:29b – BDB 335, KB 334, *Qal* PAUTOS, kapahayagan ng Diyos ay ang "matapat na daan" (cf. Awit 119:30).

**119:30-32** Pansinin ang ilang mga bagay na gagawin o ginawa na ng salmista, dahil sa pagkakaloob ng Diyos ng pagkaunawa sa pamamagitan ng Kaniyang kapahayagan.

1. siya ay nanalangin (*Piel* GANAP), Awit 119:26a
2. pinili niya (*Qal* GANAP) ang matapat na daan, Awit 119:30a
3. inilagay niya ang (*Piel* GANAP) kapahayagan ng Diyos sa kaniyang harapan (sa literal, "ibinilang na karapat-dapat ang mga kahatulan ng Diyos"), Awit 119:30b
4. siya ay kumpait (*Qal* GANAP, cf. 119:25) sa kapahayagan ng Diyos, Awit 119:31a (sa Deuteronomio 10:20 ito ay na ginamit sa pagkapit sa Diyos; sa Awit na ito, pinagsama ang persona at kapahayagan ng Diyos)
5. siya ay tatakbo (*Qal* DI-GANAP) sa daan ng kapahayagan ng Diyos, Awit 119:32a

**119:32b "pagka iyong pinalaki ang aking puso"** Ang Diyos ang nagpapalaki (sa literal, "lumaki," BDB 931, KB 1210, *Hiphil* DI-GANAP) ng kakayahan na maunawaan at kumilos sa kaalaman ng Diyos.

Para sa "puso" tingnan ang Natatanging Paksa: Puso.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:33-40 (*He*)**

**33 Ituro mo sa akin, Oh Panginoon, ang daan ng iyong mga palatuntunan;**
**at aking iingatan hanggang sa wakas.**
**34 Bigyan mo ako ng pagkaunawa at aking iingatan ang iyong kautusan;**
**Oo, aking susundin ng aking buong puso.**
**35 Payaunin mo ako sa landas ng iyong mga utos;**
**sapagkat siya kong kinaaliwan.**
**36 Ikiling mo ang aking puso sa iyong mga patotoo,**
**at huwag sa kasakiman.**
**37 Alisin mo ang aking mga mata sa pagtingin ng walang kabuluhan.**
**At buhayin mo ako sa iyong mga daan.**
**38 Papagtibayin mo ang iyong salita sa iyong lingkod,**
**na ukol sa takot sa iyo.**
**39 Alisin mo ang aking kadustaan na aking kinatatakutan:**
**sapagkat ang mga kahatulan mo ay mabuti.**
**40 Narito, ako ay nanabik sa iyong mga tuntunin;**
**buhayin mo ako sa iyong katuwiran.**

**119:33-40** Ang istropang ito ay naipapakilala sa pamamagitan ng mga kahilingan (9 na MGA PAUTOS) para sa Diyos upang turuan at palakasin ang salmista sa ipamuhay ang mga katuruang iyon. Ito ay magkakatulad sa PANDIWA *shema* (BDB 1033, KB 1570), na nangangahulugang "pakinggan upang gawin." Ang kapahayagan ng Diyos ay mas higit sa mga kautusan o isang kredo, ito ay maka-Diyos na pamumuhay!

Ang terminong "daan," na madalas gamitin sa mga Awit, ay nagpapakilala ng ganitong pamumuhay, araw-araw, kusang pagsunod. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pananatili. Pansinin kung paano:

1. ituro sa akong – aking iingatan ito, Awit 119:33
2. bigyan ako ng pagkaunawa – aking susundin ito, Awit 119:34

**119:35** Para sa ang matapat na taga-sunod, ang pagsunod ay hindi nakakapagod o pang-kautusan, ngunit may kagalakan.

**119:36-39** Ang salmista ay binabanggit ang dalawang bagay na kaniyang kikatakot na maglalayo sa kaniyang puso sa Diyos.

1. kasakiman, Awit 119:36b
2. mga mata na tumitingin ng walang kabuluhan, Awit 119:37a

Siya mga kaunawaan na siya cannot accomplish spiritual things without Diyos's help.

1. ituro sa akin, Awit 119:33 – BDB 434, KB 436, *Hiphil* PAUTOS, cf. Awit 25:4; 27:11; 86:11
2. bigyan ako ng pagkaunawa, Awit 119:34 – BDB 106, KB 122, *Hiphil* PAUTOS
3. payaunin ako sa landas, Awit 119:35 – BDB 201, KB 231, *Hiphil* PAUTOS
4. ikiling ang aking puso, Awit 119:36 – BDB 639, KB 692, *Hiphil* PAUTOS
5. alisin ang aking mga mata, Awit 119:37a – BDB 716, KB 778, *Hiphil* PAUTOS
6. buhayin ako, Awit 119:37b – BDB 310, KB 309, *Piel* PAUTOS
7. pagtibayin ang iyong salita, Awit 119:38 – BDB 877, KB 1086, *Hiphil* PAUTOS

Ngunit pansinin din na ang mga maka-Diyos na mga pagkilos (*Hiphil* MGA PAUTOS) ay kailangang samahan ng mga maka-Diyos na pagpili at kapasiyahan (kalipunan ng MGA PANG-PANGKAT at MGA GANAP na ginamit sa mga pantaong pagkilos).

1. aking iingatan ito, Awit 119:33b – BDB 665, KB 718, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
2. aking iingatan ito, Awit 119:34a – katulad sa #1 ngunit *Qal* PANG-PANGKAT

3. susundin ito, Awit 119:34b – BDB 1036, KB 1581, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
4. aking kaaliwan ito, Awit 119:35b – BDB 342, KB 339, *Qal* GANAP
5. ako ay nananabik sa iyong mga tuntunin, Awit 119:40a – BDB 1060, KB 1672, *Qal* GANAP

Nakikita mo ba ang pagtitimbang? Tingnan ang Natatanging Paksa: Eleksiyon/Predestination at ang Pangangailangan para sa isang Teolohikong Pagtitimbang at Natatanging Paksa: Predestinasyon (Calvinismo) vs. Malayang Pagpili ng Tao (Arminiyanismo).

**119:34 "ng aking buong puso"** Tingnan ang tala sa Awit 119:2.

**119:37 "walang kabuluhan"** Ito ay maaaring tumukoy sa pagsamba sa Diyus-diyosan (cf. Awit 24:4; 101:3). Ang Awit 119:48 na binabanggit ang "pagtaas ng mga palma" (i.e., "itataas ang aking mga kamay"), na sa Awit 44:20-21 ay ginamit sa pagsamba sa Diyus-diyosan.

▣ **"buhayin"** Ito ay isang inuulit na paksa (cf. Awit 119:25,37,40,88,93,107,149,154,156,159). Ang PANDIWA (sa literal, "buhayin," BDB 310, KB 309, *Piel* PAUTOS, ay may isang malawak na semantikong pagkakagamit) ay "mabuhay." Ang tanging "tunay" na buhay ay buhay na pakikisama kay YHWH, ang tagapagbigay ng buhay. Ang tunay na buhay ay may dalawang bahagi.

1. pisikal na buhay
2. espiritwal na buhay

**119:38 "na ukol sa takot sa iyo"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagkatakot (OT).

**119:39 "ang mga kahatulan mo'y mabuti"** Pansinin muli ang mga katangian na ipinagpapalagay sa kapahayagan ng Diyos ay pinagpapalagay din sa Diyos mismo (cf. 1 Cronica 16:34; Awit 25:8; 34:8; 73:1; 86:5; 100:5; 106:1; 107:1; 118:1,29; 119:68; 135:3; 136:1; 145:9; Jeremias 33:11). Dito, ito ay ang PANG-URI "mabuti" (BDB 373 II).

Ang Awit na ito ay hindi lamang tungkol sa kapahayagan ng Diyos, ngunit Diyos mismo!

**119:40 "katuwiran"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:41-48 (*Vav*)**

**41 Padatingin mo rin sa akin ang iyong mga kagandahang-loob, Oh Panginoon,**
**sa makatuwid baga ay ang iyong kaligtasan, ayon sa iyong salita.**
**42 Sa gayo'y magkakaroon ako ng kasagutan sa kaniya na dumuduwahagi sa akin;**
**sapagkat ako ay tumitiwala sa iyong salita.**
**43 At huwag mong lubos na kunin ang salita ng katotohanan sa aking bibig;**
**sapagkat ako ay umasa sa iyong mga kahatulan.**
**44 Gayon ko susundin ang iyong kautusan na palagi**
**magpakailan-kailan pa man.**
**45 At lalakad ako sa kalayaan;**
**sapagkat aking hinanap ang iyong mga tuntunin.**
**46 Ako nama'y magsasalita ng iyong mga patotoo sa harap ng mga hari,**
**at hindi ako mapapahiya.**
**47 At ako ay maaaliw sa iyong mga utos,**
**na aking iniibig.**
**48 Akin namang itataas ang aking mga kamay sa iyong mga utos,**
**na aking inibig;**
**at ako ay magbubulay sa iyong mga palatuntunan.**

**119:41-48** Ang istropang ito ay ipinakilala ng MGA PANG-PANGKAT at PANG-ISAHAN MGA PANDIWA.

1. magkakaroon ako ng kasagutan, Awit 119:42a – BDB 772, KB 851, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
2. ako ay magtitiwala, Awit 119:42b – BDB 105, KB 120, *Qal* GANAP, PANG-ISAHAN
3. ako ay umasa, Awit 119:43b – BDB 403, KB 407, *Piel* GANAP, PANG-ISAHAN
4. susundin ko, Awit 119:44a – BDB 1036, KB 1581, *Qal* PANG-PANGKAT, PANG-ISAHAN
5. lalakad ako, Awit 119:45a – BDB 229, KB 246, *Hithpael* PANG-PANGKAT, PANG-ISAHAN
6. aking hinahanap, Awit 119:45b – BDB 205, KB 233, *Qal* GANAP, PANG-ISAHAN
7. ako naman ay magsasalita, Awit 119:46a – BDB 180, KB 210, *Piel* PANG-PANGKAT, PANG-ISAHAN
8. ako ay maaaliw, Awit 119:47a – BDB 1044, KB 1613, *Hithpalpel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
9. aking inibig, Awit 119:47b – BDB 12, KB 17, *Qal* GANAP, PANG-ISAHAN
10. aking itataas, Awit 119:48a – BDB 669, KB 724, *Qal* DI-GANAP, PANG-ISAHAN, na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
11. aking inibig, Awit 119:48b – katulad sa #9
12. ako ay magbubulay, Awit 119:48c – BDB 967, KB 1319, *Qal* PANG-PANGKAT, PANG-ISAHAN

Ang pagkakilala sa Diyos at sa Kaniyang kapahayagan ay nangangailangan ng personal na pagtugon!

**119:41** Pansinin na ang "kagandahang-loob" (tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*]) at "kaligtasan" (tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan [OT]) ay binibigyang-buhay bilang mga bagay na dumating matapat na mga taga-sunod. Dahil dito, sila ay nabubuhay ng maka-Diyos na lakad ng buhay.

**119:43a** Ang PANDIWA (BDB 664, KB 717, *Hiphil* PANGKAUTUSAN) ay nangangahulugang "agawin." Ito ay ginamit sa isang kaunawaan ng pagpapalaya mula sa

1. kamatayan – Deuteronomio 32:39; Awit 22:20; 33:19; 56:14; 86:13; Kawikaan 24:11
2. kasalanan – Awit 39:9; 79:9

Dito, ito ay tila nauugnay sa Awit 119:42, na nagpapakilala ng isang tugon mula sa kapahayagan ng Diyos sa kanilang nangdudusta sa salmista (isang mabuting aplikasyon sa NT ay Mateo 10:19-22; Marcos 13:9-12, lalo na ang Marcos 13:11; Lucas 21:12-19).

**119:44** Ang linyang ito ng panulaan ay binibigyang-diin ang kasalukuyan at panghinaharap kaugnayan ng kapahayagan ng Diyos (cf. Mateo 5:17- 19).

**119:46** Ito ay nagpapakilala ng matapat na mga taga-sunod

1. saksi sa mga natalong hari
2. isang aspeto ng paggawa ng kasunduan sa mga banyagang bansa
3. isang talinghaga para sa makapangyarihan o edukadong tao

**119:48a** "pagtaas ng mga kamay" ay karaniwang posisyon para sa panalangin sa Israelitang kultura (cf. Awit 28:2; 63:4; 134:2; 141:2; 143:6; Panaghoy 2:19; 1 Timoteo 2:8). Muli, kadalasang ang isa ay "itinataas ang mga kamay" sa Diyos mismo ngunit dito, sa Kaniyang kapahayagan.

▣ **"ako ay magbubulay"** Tingnan ang tala sa Awit 119:15.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:49-56 (*Zayin*)**

**49 Iyong alalahanin ang salita sa iyong lingkod,**
**na doon ay iyong pinaasa ako.**
**50 Ito'y aking kaaliwan sa aking pagkapighati:**

**sapagkat binuhay ako ng iyong salita.**
**[51]Ang palalo ay dumuwahaging mainam sa akin:**
**gayon ma'y hindi ako hihiwalay sa iyong kautusan.**
**[52]Aking inalaala ang mga kahatulan mo ng una, Oh Panginoon,**
**at ako ay nagaliw sa sarili.**
**[53]Maalab na galit ang humawak sa akin, dahil sa masama**
**na nagpabaya ng iyong kautusan.**
**[54]Ang iyong mga palatuntunan ay naging aking mga awit**
**sa bahay ng aking pangingibang bayan.**
**[55]Aking inalaala sa gabi ang pangalan mo, Oh Panginoon,**
**at sinunod ko ang iyong kautusan.**
**[56]Ito ang tinamo ko,**
**sapagkat aking iningatan ang mga tuntunin mo.**

**119:49 "alalahanin"** Ang PANDIWA (BDB 269, KB 269) na ito ay makikita ng tatlong beses sa istropang ito.

1. Awit 119:49 – *Qal* PAUTOS
2. Awit 119:52 – *Qal* GANAP
3. Awit 119:55 – *Qal* GANAP

Ang salmista ay humihiling na alalahanin siya ni YHWH (119:49) dahil sa inaalala at sinusunod niya Siya (cf. Awit 119:55b,56b).

Pansining lahat na ang MGA PANDIWA (maliban ang unang PAUTOS) ay MGA GANAP o MGA DI-GANAP na may *waw* (tingnan ang Natatanging Paksa: Hebreong Barirala). Ang kaalaman at mga pagkilos ng salmista ay pinagpasyahang pananaw sa mundo, mga katotohanan sa pamumuhay! Ang salita ng Diyos ay hindi lamang impormasyon ngunit

1. pag-asa, Awit 119:49b
2. kaaliwan, Awit 119:50a, 52b
3. pag-iingat, Awit 119:50b
4. gabay para sa buhay, Awit 119:51b
5. awit, Awit 119:54a
6. alaala sa gabi, Awit 119:55a
7. Awit 119:56a
   a. kaligayahan – TEV
   b. pagpapala – NRSV
   c. kaaliwan – Peshitta

▣ **"Iyong lingkod"** Dito, ito ay tumutukoy sa isang matapat na taga-sunod na hinahanap, inaalam, at umaasa sa salita ng Diyos. Tingnan ang tala sa Deuteronomio 34:5 sa internet sa www.freebiblecommentary.org. Tingnan ang Natatanging Paksa: Aking Lingkod.

▣ **"pinaasa"** Ito sa literal ay "maghintay" (BDB 430, KB 407, *Piel* GANAP). Ang diwa ng paghihintay para sa mga pangako ng Diyos na matupad ay isang pagkilos ng kapwa pananampalataya at pag-asa. Hindi baka sakali, maaari, pag-asa, ngunit-tiyak-ang-pangyayari-gayunman-di-tiyak-ang-panahon na pag-asa (magkakatulad sa pagkagamit sa NT na nauuganay sa Ikalawang Pagpadating). Ito ay isang inuulit na paksa ng Salmo (cf. Awit 31:24; 33:18,22; 71:4; 119:49,74,81,114,147; sa isang pangkalahatang kaunawaan sa Awit 130:7; 131:3). Ang kaisipang ito ay maliwanag na ipinapahayag sa taga-Roma 15:4.

**119:50 "kaaliwan"** Ang PANGNGALAN (BDB 637) ay makikita lamang dito at Job 6:10, ngunit ang PANDIWA (BDB 636, KB 688) ay karaniwan.

Ang kaaliwang ito sa gitna ng kadalamhatian ay ang pagkamapagkakatiwalaan ng salita ng Diyos!

Siya ay kasama ng mga matapat na taga-sunod, kahit na sa panahon ng pagkabahala, kabiguan, paglusob, pananamlay, at pagduruda (cf. Deuteronomio 31:6; Joshue 1:5; 1 Samuel 12:22; 1 Mga Hari 6:13; 8:57; 2 taga-Corinto 4:9; Hebreo 13:5). Paano ko malalaman kabag naiiba ang isisigaw ng mga pangyayari? Kaniyang salita! Ang Awit 119:52 ay nagpapaalala sa atin na tumingin sa mga nakalipas na pagkilos ng Diyos!

**119:51** Ang salmista ay may naranasang mga paglusob sa kanilang nalalaman ang kautusan ng Diyos ngunit tinanggihan ito (cf. Awit 119:51b, 53). Ang tunay na pananampalataya ay may mga kapansin-pansing katangian. Ang pagsunod ay ang nakikitang katibayan ng tunay na pananampalataya (tingnan ang Natatanging Paksa: Pananatili).

▣ **"hihiwalay"** Ang PANDIWA (BDB 639, KB 692, *Qal* GANAP) ay may isang malawak na semantikong pagkakagamit at kadalasang nagpapakilalang "pag-inat," "pag-unat," o "pagbali," ngunit dito, ito ay may natatanging talinghaga sa kaunawaan ng paglihis mula sa landas, ang landas na "ang daan ng Diyos" (i.e., Awit 139:24). Ang salita ng Diyos ay isang maliwanag na minarkahang lansangan, landas, daan. Ang landas na naghahatid sa buhay, kapayapaan, kaligayahan, at pakikipagsama sa Diyos (cf. Awit 119:105; Kawikaan 6:23). Ang unang titulo ng iglesiya sa NT sa Mga Gawa ay "Ang Daan." Anumang paglihis mula sa mga maliwanag na pamantayan ng salita ng Diyos ay nagdudulot mga suliranin!

Ang OT wikain ng "pagliko sa kanan o kaliwa" ay makikita sa Deuteronomio 5:32; 17:11,20; 28:14; Kawikaan 4:27). Manatili sa landas!

**119:53** Kadalasan sa OT, ito ay tila maka-Diyos na taong tumatawag ng kapootan sa kanilang mga kaaway, ngunit sa katotohana, sila ay tumatawag sa Diyos na maging matapat sa Kaniyang nakaraang salita (i.e., Levitico 26; Deuteronomio 27-30). Isang mabuting halimbawa nito ay Awit 119:158. Ang poot ay karapat-dapat dahil sa kinukusa, ay may layuning pagsuway. Ang kasalanan at paghihimagsik ay may mga kahihinatnan kapwa sa panahon at walang-hanggan. Manatili sa landas na ipinagkaloob ng Diyos!

**119:54** Ang talatang ito ay tila (cf. Awit 119:19) tinatalakay ang tungkol sa buhay. Ang salita ng Diyos, para sa kanilang nakakaalam nito at iniingatan ito, ay nagdudulot isang araw-araw, panghabang-buhay na awit (cf. Awit 42:8)! Ikaw ba ay umaawit?

**119:55 "pangalan mo"** Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

▣ **"sa gabi"** "Ang gabi" ay mayroong maraming kahulugan.

1. isang panahon ng pagmumuni-muni
    a. Awit 16:7
    b. Awit 63:6
    c. Awit 77:6
2. isang panahon ng pagkabahala – Awit 77:2
3. isang panahon ng panalangin/pagpuri
    a. Awit 42:8
    b. Awit 92:1-2
    c. Awit 119:62
    d. Awit 149:5
    e. Isaias 26:9
    f. Mateo 14:23; Lucas 6:12
    g. Mga Gawa 16:25

▣ **"at sinunod ang Iyong kautusan"** Ang pagmumuni-muni, panalangin, at pagpuri sa gabi ay dapat magbunga sa pang-araw na araw-araw na pamumuhay na maka-Diyos! Ang pagsunod ay ang

katibayan ng pananampalataya (cf. Lucas 6:46).

**119:56** Ang unang linya ay may kalabuan dahil walang maliwanag na pagkauna.

Gayunman, pansinin na muling binibigyang-diin nito ang pagsunod sa pangalawang linya! Tandaan ang malaking bilang ng mga terminong para sa kapahayagan ng Diyos (i.e., salita, kautusan, mga kahatulan, mga tuntunin, etc.). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:57-64 (*Heth*)**
**57 Ang Panginoon ay aking bahagi:**
**aking sinabi na aking tutuparin ang iyong mga salita.**
**58 Aking hiniling ang iyong biyaya ng aking buong puso:**
**magmahabagin ka sa akin ayon sa iyong salita.**
**59 Ako ay nagiisip sa aking mga lakad,**
**at ibinalik ko ang aking mga paa sa iyong mga patotoo.**
**60 Ako ay nagmadali, at hindi ako nagmakupad,**
**na sundin ang iyong mga utos.**
**61 Pinalibutan ako ng mga panali ng masama;**
**ngunit hindi ko nilimot ang iyong kautusan.**
**62 Sa hating gabi ay babangon ako upang magpasalamat sa iyo,**
**dahil sa iyong mga matuwid na kahatulan.**
**63 Ako ay kasama ng lahat na nangatatakot sa iyo,**
**at ng nagsisitupad ng iyong mga tuntunin.**
**64 Ang lupa, Oh Panginoon, ay puno ng iyong kagandahang-loob:**
**ituro mo sa akin ang iyong mga palatuntunan.**

**119:57 "Ang Panginoon ay aking bahagi"** Ang terminong ito na "bahagi" (BDB 324) ay may maraming pagkakagamit.

1. walang lupaing ipinamahagi para kay Levi
   a. Bilang 18:20
   b. Deuteronomio 18:2
   c. Joshue 13:33
   d. Ezekiel 44:28
2. pagkakahati ng Ipinangakong Lupain sa mga angkan
   a. Joshue 17:5,14; 19:9
   b. Ezekiel 47:13
3. Israel bilang isang natatanging bayan sa gitna ng sangkatauhan
   a. Jeremias 10:16
   b. Jeremias 51:19
4. ilang bagay na ipinagkaloob ng Diyos sa kapwa matuwid at masama
   a. Job 20:29; 27:13; 31:2
   b. Ecclesiastes 21:20,21; 3:22; 5:17-18; 9:9
5. ginamit patalinghaga sa isang natatanging pananampalatayang pakikipag-ugnayan kay YHWH
   a. Awit 16:5; 73:26; 119:57; 142:5
   b. Panaghoy 3:24

▣ **"aking sinabi na aking tutuparin ang iyong mga salita"** Ang PANDIWA (BDB 1036, KB 1581) ay ipinapakilala ang istropang ito na "alalahanin" (Awit 119:49-56).

1. Awit 119:57 – *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN
2. Awit 119:60 – *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN

3. Awit 119:63 – *Qal* TAHAS NA PANDIWARI
4. tingnan din ang Awit 119:55

Ang pagsunod ay napakahalaga! Ang pagsunod ay inihahayag ang puso! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pananatili.

**119:58 "ng aking buong puso"** Ito ay isang wikain mula sa Deuteronomio (cf. Deuteronomio 6:5; 10:12; 11:13; 13:3; 30:2) na nagpapakilala isang lubusang pagtatalaga. Sa huli, sa kasaysayan ng Israel, ang pariralang ito ay ginamit sa

1. pagpapakita ng lubusang pagtatalaga ni David sa Diyos
2. pagpapakita ng bahagyang pagtatalaga ni Solomon sa Diyos

Para sa "puso" tingnan ang Natatanging Paksa: Puso.

▣ Pansinin ang panalanging kahiligan (i.e., *Qal* PAUTOS, cf. Awit 41:4; 56:1; 57:1) ay batay sa katapatan ni YHWH sa Kaniyang salita/pangako (cf. Awit 119:41, 58, 76, 116, 170). Ang pagkamapagkakatiwalaan ni YHWH at Kaniyang kapahayagan ay isang napakahalaga haligi ng biblikal na pananampalataya (tingnan ang apat na mga pangangaral ng pagkamapagkakatiwalaan ng Bibliya sa internet sa www.freebiblecommentary.org, home page, unang talata, *link*).

**119:59-60** Gaya ng pagtawag kay YHWH na matapat sa Kaniyang mga pangako, ngayon, ang salmista ay binapagtibay ang kaniyang katapatan (cf. Awit 119:57b, 61b). Ang kaagad na pagsunod sa kautusan ng Diyos ay naghahayag ng isang lubusang pagtatalaga!!

Pansinin ang pagbibigay-diin ng dalawang MGA MAKADIWA.

1. magmadali – BDB 301, KB 300, *Qal* GANAP
2. magmatagal (kabaliktaran) – BDB 554, KB 552, *Hithpalpel* DI-GANAP

Ang Diyos ay tinawag na magmadaling tumugon (cf. Awit 69:17; 79:8; 102:2; 143:7), kaya gayundin, kailangang ang matapat na taga-sunod ay magmadaling tumugon sa pag-uudyok ng Espiritu.

**119:59 "ibinalik"** Ang PANDIWA (BDB 996, KB 1427, *Hiphil* DI-GANAP with *waw*) ay may isang malawak na semantikong pagkakagamit ngunit susing termino na ginamit para sa "pagsisisi." Samakatuwid, ilang tagapagpaliwanag (UBS *Handbook*, p. 1014) ay tinitingnan ang talatang ito na tumutukoy sa isa na lumabag sa kautusan ng Diyos ngunit bumalik muli sa pagsunod nito at dumadakila sa Diyos.

**119:61** Ito ay hindi naning madali para sa salmista na mamuhay ng isang matapat na buhay dahil palaging may mga kaaway.

Ang PANDIWA (BDB 728, KB 795, *Piel* GANAP) ay matatagpuan lamang dito at isinaling (tingnan ang NIDOTTE, tomo 3, p. 339):

1. NASB – "pinalibutan"
2. NKJV – "pinuluputan"
3. LXX, NRSV, NJB – "sinilo"
4. TEV – "naglagay na patibong"
5. JPSOA – "halubidbid"
6. Peshitta – "pinaligiran"

Ang AB (p. 181) ay nauugnay ito sa Awit 116:3 at, gaya ng kadalasan, nakikita ang linyang ito na tumutukoy sa pagbibigay katauhan sa kamatayan/libingan.

▣ **"hindi ko nilimot ang iyong kautusan"** Ito ay isang inuulit na paksa sa Awit na ito (cf. Awit 119:61,83, 109, 141, 153,176). Ang masama ay nalimutan ang kautusan ng Diyos (cf. Awit 50:22; 119:139).

**119:62** Ang pang-gabing pag-mumuni-muni ay inuugnay sa Awit 119:55.

**119:63** Pansinin kung paano inilarawan ang matapat na mga taga-sunod.
1. silang nangatatakot/gumagalang sa Iyo
2. silang nagsisitupad ng Iyong kapahayagan

Walang maaaring pag-aangkin ng pagkikisama sa Diyos habang ang pamumuhay ay isang buhay ng hayag na pagsuway.

**119:64** Pansinin ang pangkalahatang aspeto ng talatang ito. Para sa "mundo" tingnan ang Natatanging Paksa: Lupain, Bansa, Mundo.

Ang terminong isinalin na "kagandahang-loob" ng NASB ay *hesed*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*) at ang tala sa Awit 33:5!

▣ **"ituro sa akin ang Iyong mga palatuntunan"** Ito lamang ang pangalawang PAUTOS sa istropang ito (cf. Awit 119:58b). Bagaman ang salmista ay nagbubulay sa salita/pangako ng Diyos, kinakailangan niya parin itong mas maunawaan! Ang palagian, pinangungunahan ng Espiritu na pag-aaral sa Bibliya ay napakahalaga para sa isang ganap, lumalagong mananampalataya (tingnan ang Awit 119:12,26,64, 108, 124,135,171)!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:65-72 (*Teth*)**
**65 Ginawan mo ng mabuti ang iyong lingkod,**
**Oh Panginoon, ayon sa iyong salita.**
**66 Turuan mo ako ng mabuting kahatulan at kaalaman;**
**sapagkat ako ay sumampalataya sa iyong mga utos.**
**67 Bago ako nagdalamhati ay naligaw ako;**
**ngunit ngayo'y tinutupad ko ang iyong salita.**
**68 Ikaw ay mabuti, at gumagawa ng mabuti;**
**ituro mo sa akin ang iyong mga palatuntunan.**
**69 Ang palalo ay kumatha ng kabulaanan laban sa akin:**
**aking tutuparin ang iyong mga tuntunin ng buong puso ko.**
**70 Ang puso nila ay matabang gaya ng sebo;**
**ngunit ako ay naaaliw sa iyong kautusan.**
**71 Mabuti sa akin na ako ay napighati;**
**upang aking matutuhan ang mga palatuntunan mo.**
**72 Ang kautusan ng iyong bibig ay lalong mabuti sa akin**
**kay sa libong ginto at pilak.**

**119:65** Ang talatang ito ay nagbubuod ng pananaw sa mundo ng matapat na taga-sunod. Ang karunungan (Awit 119:66) at pagsunod (Awit 119:67,69) ng kapahayagan ng Diyos ay nagdudulot ng isang masaya, malusog, mapayapang buhay. Ang tunay na buhay ay matatagpuan lamang sa Kaniya. Tandaang sa Awit na ito, ang kaalaman ng salita ng Diyos ay itinutumbas sa pagkaalaman sa Diyos mismo!

Halos bawat talata ng Awit na ito ay may isang Hebreong salita na nagpapakilala ng kapahayagan ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos).

Ang Hebreong salita טוב (BDB 373) ay panimula ng mga talata, Awit 119:65, 66, 68,71, at 72. Ito ay ang susing salita para sa talatang ito.

**119:66** Bagaman nalalaman ng salmista ang kapahayagan ng Diyos, siya ay may kamalayan na kailangan niya itong maunawaan nang higit pa (cf. Awit 119:68, kapwa MGA PANDIWA "turuan," BDB 540, KB 531, ay *Piel* MGA PAUTOS, i.e., pakiusap na panalangin, cf. Awit 119:12,26,64,66,68,108,124,135,171).

▣ **"ako ay sumasampalataya"** Mayroong maraming GANAP MGA PANDIWA na naglalarawan ng pag-uugali ng salmista.

1. ako ay sumasampalataya – BDB 52, KB 63, *Hiphil* GANAP (tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT)
2. aking tutuparin – BDB 1036, KB 1581, *Qal* GANAP (tingnan ang Natatanging Paksa: Pananatili)
3. ako ay naaaliw – BDB 1044, KB 1613, *Pilpel* GANAP, cf. Awit 1:2; 112:1; 119:16,24,35,47,70, 77,92, 143,174

Pansinin kung paaanong ang pagsang-ayon sa isipan ay kailangang maitugma sa isang masunuring buhay (cf. Santiago 1:22-25).

**119:67** Ang salmista ay ipinapahayag ang kaniyang pagsuway sa nakalipas na nagbunga sa pagdisiplina ng Diyos. Ang pagdisiplina ng Diyos ay pagkilos ng isang mapagmahal na magulang (cf. Hebreo 12:5-13). Ang mga pagsusumpa ng Levitico 26 at Deuteronomio 27-30 ay reaksyon ng Diyos sa pagsuway sa kasunduan at Kaniyang pagnanais para sa Kaniyang mga taga-sunod sa pagbabago ng kanilang mga daan! Ninanais Niyang pagpalain tayo! Ang pagdidisiplina ay palaging ay may isang pangkatubusang layunin!

**119:68** Ang unang linya ng panulaan ay naglalarawan sa katangian ng Diyos. Siya ay "mabuti" (BDB 373 II, cf. Awit 25:8; 86:5; 100:5; 106:1; Jeremias 33:11; Nahum 1:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel.

▣ **"Ituro sa akin ang Iyong mga palatuntunan"** Ito ang pangalawang paggamit ng *Piel* PAUTOS ng PANDIWA (cf. Awit 119:66). Ninanais ng Diyos na ihayag ang Kaniyang sarili at Kaniyang kalooban sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan.

**119:69-70** Gaya ng kalagayan sa mga Awit na lubhang madalas, nararamdaman ng salmista ng pag-atake. Ang mapagmataas ay nagsinungaling sa kaniya. Sa kontekstong ito, mahirap na makilala kung sino ang mga sumasalakay. Sila ay kadalasang mayaman at makapangyariha sa lipunan, gaya dito (i.e., "sebo," BDB 316, Awit 119:70a, cf. Awit 17:10; 73:7; ito ay espiritwal na pagkakaagapay sa Isaias 6:10, BDB 1031 I). Ngunit ang tunay na kayamanan para sa salmista ay kaalaman sa Diyos at Kaniyang kapahayagan (Awit 119:72, cf. 19:10).

**119:69** Ang PANDIWA (BDB 381, KB 378, *Qal* GANAP) sa linya 1 ay nangangahulugang itapal o ipahid (cf. Job 13:4). Ang talatang ito ay may dalawang MGA DI-GANAP na naglalarawan ng nagpapatuloy na pagkilos ng salmista.

1. aking tutuparin, Awit 119:69 – BDB 665, KB 718, *Qal* DI-GANAP
2. aking matutuhan, Awit 119:71 – BDB 540, KB 531, *Qal* DI-GANAP

**119:70 "puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso.

**119:70b** Walang "ngunit" sa Hebreong teksto. Gayunman, isang matalim na pagkakaiba ang ipinapahiwatig. "Ang dalawang daan" ng Deuteronomio 30:15-20 at Awit 1:1 ay ipinahiwatig.

**119:71** Kinikilala ng salmista na isang pakinabang ang disiplina ng Diyos dahil ito ay nagdulot sa kaniya na bumalik sa Kaniya at Kaniyang salita. Ang kawalang-katarungan ng buhay, ang kakila-kilabot na mga kahihinatnan ng mga personal na pagpili ay kadalasang isang pagkakataon na mas magtiwala sa Diyos. Isang aklat na nakatulong sa aking sa dakong ito ay ang *The Christian's Secret of a Happy Life* ni Hannah Whithall Smith.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:73-80 (*Yodh*)**

**73Ginawa ako at inanyuan ako ng iyong mga kamay:**
**bigyan mo ako ng unawa, upang matutuhan ko ang iyong mga utos.**
**74Silang nawa na nangatatakot sa iyo ay makikita ako, at matutuwa;**
**sapagkat ako ay umasa sa iyong salita;**
**75Talastas ko, Oh Panginoon na ang mga kahatulan mo ay matuwid,**
**at sa pagtatapat, iyo akong dinalamhati.**
**76Isinasamo ko sa iyo na maging kaaliwan ko ang iyong kagandahang-loob,**
**ayon sa iyong salita sa iyong lingkod.**
**77Dumating nawa sa akin ang iyong malumanay na kaawaan upang ako ay mabuhay:**
**sapagkat ang kautusan mo ay aking kaaliwan.**
**78Mahiya ang palalo; sapagkat dinaig nila ako ng walang kadahilanan:**
**ngunit ako ay magbubulay sa iyong mga tuntunin.**
**79Bumalik nawa sa akin yaong nangatatakot sa iyo,**
**at silang nangakakakilala ng iyong mga patotoo.**
**80Maging sakdal nawa ang aking puso sa iyong mga palatuntunan;**
**upang huwag akong mapahiya.**

**119:73** Ang talatang ito ay nagpapahayag ng paglalang ng Diyos sa salmista. Ito ay ipinahayag sa maraming paraan.

1. isang pagkabanggit sa Genesis 2:7 ("linikha" [katawan] – BDB 427; "mga linikhang araw" – Awit 135:16)
2. ginawa ako ng iyong mga kamay – BDB 793 I, cf. Job 10:8; 31:15; Awit 139:15
3. gawa ng Iyong mga kamay – Job 10:3; 14:15; Awit 138:8
4. kapwa MGA PANDIWA ay makikita sa Deuteronomio 32:6 at tumutukoy sa pangkalahatang Israel

Ang mga tao ay natatanging mga nilalang na nilikha larawan at wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27) para sa pagsasama (cf. Genesis 3:8). Ang bawat-isa ay isang natatanging nilalang (cf. Awit 139:14-16). Ang makilala ito ay isang biblikal na pananaw sa mundo! Hindi tayo bunga ng mga sapalarang mga pangyayari o mga proseso. Mayroong layunin sa bawat linikhang tao.

▣ **"bigyan ako ng unawa"** Ito ang tanging PAUTOS (Awit 119:73-80) na kahilingan sa panalangin sa talatang ito (BDB 106, KB 122, *Hiphil* PAUTOS), ngunit dito ay maraming MGA PANGKAUTUSAN.

Tanging ang Diyos ang makakapagbukas ng kaisipan ng nalugmok na mga taong nilalang upang matuto (BDB 540, KB 531, *Qal* PANG-PANGKAT) tungkol sa Kaniya sa pamamagitan ng pagkaunawa ng Kaniyang kapahayagan. Ang pagkatutong ito (tulad ng PANDIWA *shema* ng Deuteronomio 6:4-9) ay nagpapahiwatig ng pang-araw-araw na pagsasabuhay ng kapahayagan ng Diyos.

**119:74 "nawa"** Ito ay ang tanda ng isang PANGKAUTUSAN na kayarian (cf. Awit 119:74,76,77,78,70,80). Ang mga ito rin ay nagpapakilala ng mga kahilingan sa panalangin.

Sa talatang ito mayroong dalawa.

1. makakita – BDB 906, KB 1157, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. matutuwa – BDB 970, KB 1333, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

Pansinin ang mga katotohanang ito ay batay sa

1. pagtitiyaga (sa literal, "maghintay," "pag-asa," Awit 119:74b)
2. kaalaman ng kapahayagan ng Diyos (Awit 119:75)
3. maka-Diyos na kadalamhatian (119:75; 67,71)

ng salmista

Ang PANDIWA na "umasa" (BDB 403, KB 407, *Piel* GANAP) ay nagpapakilala ng pagtitiyaga. Ang

PANDIWA na ito ay kadalasang nagpapakilala ng pag-asa/pagtitiyaga sa Diyos mismo (cf. Job 13:15; Awit 31:24; 33:22; 38:15; 39:7; 42:5,11; 43:5; 69:3; 130:7; 131:3), ngunit sa Awit 119 ang teolohikong konsepto ng kapahayagan ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos) ay humahalili para sa Diyos mismo. Sila ay magkatulad. Ang malaman ang salita ng Diyos ay makilala ang Diyos. Ang isa ay pangkaalaman at ang isa pa ay pangkaugnayan ngunit sila ay kailangang magkasama!

**119:75 "sa pagtatapat, iyo akong dinalamhati"** Si YHWH ay totoo sa Kaniyang salita at matapat sa Kaniyang mga layunin para sa Kaniyang matapat na mga taga-sunod. Mayroong mas malawak na layunin sa paglalang. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH. Kahit na ang "kadalamhatian" ay may isang pangwakas na layunin (cf. Panaghoy 3:19-38; Hebreo 5:8; 12:1-13). Ang layunin ng kaligtasan ay hindi lamang pagsasama sa ilang panghinaharap na kalagayan/dako ngunit napakalapit na pagsasama ngayon, na nagpapakilala ng mga pampamilyang katangian ng mga taga-sunod ni YHWH sa kanilang Kaniyang nilalang, ngunit dahil sa Pagbagsak, ay hindi agad Siya nakilala!

Dapat tandaan na ang mga suliranin sa buhay na ito ay may maaaring mga pinagmulan/layunin.

1. kahatulan sa kasalanan upang maipanumbalik o pasimulan ang isang pakikipag-ugnayan ng pananampalataya kay YHWH (cf. Awit 69:26)
2. ang bunga ng pagbagsak. Ang kasamaan ay pumasok sa ating mundo. Ang mga masasamang bagay na nangyayari ay hindi kalooban ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Kapighatian).
3. sila ay nagdulot sa atin na magtiwala sa Diyos at lumago sa ating pananampalataya (cf. taga-Roma 5:3-5; Hebreo 5:8; 12:10-11)

Yamang di ko nalalaman ang mga ito, pinipili kong tumuon sa #3! Aking pananaw sa mundo ay walang basta nangyayari lamang sa Ang bayan ng Diyos!

▣ **"mga kahatulan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Hukom, Kahatulan, Katarungan.

▣ **"matuwid"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran.

**119:76 "Iyong kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

▣ **"ayon sa Iyong salita"** Ito ay isang inuulit na paksa (cf. Awit 119:65). Ang Diyos ay totoo sa Kaniyang kapahayagan.

**119:77 "ang kautusan mo ay aking kaaliwan"** Tingnan ang tala sa Awit 119:70.

**119:78a** Ito ay nagpapakilala ng Awit 119:69-70. Ang mapagmataas ay mapapahiya (tingnan ang tala sa Awit 119:6), ngunit hindi ang matapat na salmista (cf. 119:80).

**119:78b "Ako ay magbubulay sa Iyong mga tuntunin"** Ang mga matapat na taga-sunod ay naggugugol ng panahon sa salita ng Diyos. Sila ay nag-aaral, nagninilay, at sinusubukang isabuhay kung anon ang sinasabi nito. Ang ating mga kaisipan ay nagiging ating mga pagkilos. Ang pagbubulay sa kapahayagan ay mahalaga (cf. Awit 1:2; 119:15,23,48,78,97,148). Gaano kadaalas ang iyong ginugugol na panahon sa salita ng Diyos?

**119:79** Ang talatang ito ay nagpapahayag ng katotohanan na mga naghahanap sa Diyos ay kailangang makita Siya sa kanilang nag-aangkin na sumusunod sa Kaniya. Ang mga matapat na taga-sunod ay mga ilaw na naghahatid sa Diyos.

▣ **"silang nangakakakilala"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala.

**119:80 “sakdal”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Kasalanan, Inosente, Walang Sala, at Walang Kasiraan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:81-88 (*Kaph*)**

**81 Pinanglulupaypayan ng aking kaluluwa ang iyong pagliligtas:**
**ngunit umaasa ako sa iyong salita.**
**82 Pinangangalumatahan ng aking mga mata ang iyong salita,**
**samantalang aking sinasabi, Kailan mo ako aaliwin?**
**83 Sapagkat ako ay naging parang balat na lalagyan ng alak sa usok;**
**gayon ma'y hindi ko kinalilimutan ang iyong mga palatuntunan.**
**84 Gaano karami ang mga kaarawan ng iyong lingkod?**
**Kailan ka gagawa ng kahatulan sa kanila na nagsisiusig sa akin?**
**85 Inihukay ako ng palalo ng mga lungaw**
**na hindi mga ayon sa iyong kautusan.**
**86 Lahat mong mga utos ay tapat.**
**Kanilang inuusig ako na may kamalian; tulungan mo ako.**
**87 Kanilang tinunaw ako halos sa ibabaw ng lupa;**
**ngunit hindi ko pinabayaan ang mga tuntunin mo.**
**88 Buhayin mo ako ayon sa iyong kagandahang-loob;**
**sa gayo'y aking iingatan ang patotoo ng iyong bibig.**

**119:81-88** Ang talatang ito ay pinangingibabawan ng MGA GANAP NA PANAHUNANG PANDIWA. Ang salmista ay naramdaman ang pag-atake!

1. silang nagpapahirap sa akin, Awit 119:84
2. ang mapagmataas ang humuhuya ng mga libingan para sa akin, Awit 119:85
3. mga lalaki ay hindi nakikipagsundo sa Iyong kautusan, Awit 119:85
4. pinapahirapan nila ako sa isang kasinungalingan, Awit 119:86
5. halos mapinsala nila ako sa lupa, Awit 119:87

Inaangkin niyang siya ay matapat sa salita ng Diyos at nakikiusap sa Diyos na kumilos sa kaniyang kapakanan.

1. tulungan ako – BDB 740, KB 810, *Qal* PAUTOS, Awit 119:86
2. buhayin/ingatan ako – BDB 1036, KB 1581, *Piel* PAUTOS, Awit 119:88

**119:81 “kaluluwa”** Ito ay ang terminong *nephesh* (BDB 659). Para sa isang buong pagtalakay tingnan ang tala sa Genesis 35:18 sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

▣ **“pinanglulupaypayan”** Ang salmista ay gumagamit ng maraming MGA PANDIWA sa paglalarawan ng kaniyang pisikal at pang-isipang kalagayan.

1. pinanglulupaypayan – BDB 477, KB 476, *Qal* GANAP, Awit 119:81
2. umaasa – BDB 403, KB 407, *Piel* GANAP, Awit 119:81
3. pinangangalumatahan ng mga mata – BDB 477, KB 476, *Qal* GANAP, Awit 119:82
4. naging parang balat na lalagyan ng alak sa usok – BDB 224, KB 243, *Qal* GANAP. Ito ay isang bihira at di-karaniwang wikain. Ito ay tila nangangahulugang “nasunog” at “malutong.” Ngunit dahil ng susunod na linya ito ay maaaring tumukoy sa pagkabulag sa usok (cf. 1 taga-Corinto 13:12).

**119:82** Sa gitna ng mga suliranin ng buhay at mga personal na atek, kahit na ang mga matapat na taga-sunod ay tumatawag sa Diyos ng “bakit?” o “kailan ito matatapos?”

**119:83** Ang wikain ng Awit 119:83a ay di-karaniwan at may kalabuan (tingnan ang tala sa Awit 119:81,

#4).

Ang pangalawang linya ay isang pagtatangka ng salmista na ipahayag ang kaniyang sariling katapatan (cf. Awit 119:81b, 87b; tingnan din ang Awit 119:61,141,153,176). Ang kaniyang mga mang-uusig ay karapat-dapat sa kahatulan ng Diyos ngunit siya ay hindi. Inilalapit niya ang kaniyang sarili sa katapatan ng Diyos (cf. Awit 119:88a).

**119:84 "Gaano karami ang mga kaarawan ng Iyong lingkod"** Ito ay nagpapahayag ng

1. ang naunang kaalaman ng Diyos (cf. Mateo 10:29-31)
2. ang limitadong panahon ng buhay ng tao (cf. Awit 39:4)
3. isang panawagan na kumilos nang nararapat sa panahon na taglay ng bawa't-isa (cf. Awit 90:12; Mateo 6:25-34; taga-Efeso 5:15-16)

**119:85 "inihukay ng lungaw"** Ito ay isang wikain mula sa pangangaso. Isang balon ang hinuhukay upang madagit ang hayop. Ito ay naging isang talinghaga para sa pagtataksil ng tao (cf. Awit 7:15; 57:6; Jeremias 18:22).

Ang NEB at REB ay nakikita ang Hebreong ugat na "mga kuwento" (BDB 967) sa halip na "balon o hukay" (BDB 1001). Ito ay isang pagbabago lamang mula sa שׁ sa שׂ.

**119:86** Ang "mga utos" dito ay maaaring tumukoy sa "mga sumpa" sa kanila na lumabag sa inihayag na kalooban ng Diyos (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30). Ang mga ito ay ang mga taga-usig na tinukoy sa Awit 119:85b na hindi namumuhay sang-ayon sa kautusan ng Diyos.

Sila ang tumpak na kasalungat ng matapat na mga taga-sunod (cf. Awit 119:81,82,83,87).

▣ **"tulungan ako"** Ang PAUTOS (tingnan ang tala sa Awit 119:81-88) ay magkatulad sa Awit 109:26. Ang pangkasunduang katapatan ng Diyos (i.e., *hesed*, cf. Awit 119:88a; tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob) ang batayan ng pag-asa ng sangkatauhan. Ito ay Kaniyang di-nagbabagong katangian ng kahabagan at biyaya na nagdudulot ng pag-asa at kapayapaan sa nalugmok na mundong ito. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel.

**119:88a** Ang UBS *Handbook* (p. 1022) ay binabanggit na ang MT at LXX ay may PANDIWA na "iligtas ang aking buhay" (BDB 310, KB 309, *Piel* PAUTOS), habang ang DSS na teksto ay may "maging mabait sa akin" (cf. TEV).

**119:88b** Ito ay ang pagnanais ng matapat na mga taga-sunod ng Diyos (cf. Awit 19:14)!

Ang PANDIWA na "iingatan" (BDB 1036, KB 1581) ay isang *Qal* PANG-PANGKAT. Tingnan ang Natatanging Paksa: Iingatan. Ang pagsunod sa kapahayagan ay napakahalaga at katibayan ng pananampalatayang pakikipag-ugnayan kay YHWH at Kaniyang Mesias (cf. Lucas 6:46).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:89-96 (*Lamedh*)**

**89 Magpakailan man, Oh Panginoon,**
**ang iyong salita ay natatag sa langit.**
**90 Ang iyong pagtatapat ay sa lahat ng sali't saling lahi:**
**iyong itinatag ang lupa, at lumalagi.**
**91 Namamalagi sa araw na ito ayon sa iyong mga alituntunin;**
**sapagkat lahat ng bagay ay mga lingkod mo.**
**92 Kundi ang kautusan mo ay naging aking kaaliwan,**
**namatay nga sana ako sa aking kadalamhatian.**
**93 Hindi ko kalilimutan kailan man ang mga tuntunin mo;**
**sapagkat sa pamamagitan ng mga yaon ay binuhay mo ako.**
**94 Ako ay iyo, iligtas mo ako,**

**sapagkat aking hinanap ang mga tuntunin mo,**
**95 Inabatan ako ng masama upang ako ay patayin;**
**ngunit aking gugunitain ang iyong mga patotoo.**
**96 Aking nakita ang wakas ng buong kasakdalan;**
**ngunit ang utos mo ay totoong malawak.**

**119:89 "Magpakailanman"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

▣ **"Oh Panginoon"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣ **"Iyong salita ay natatag sa langit"** Ang saligang kahulugan ng PANDIWA (BDB 662, KB 714, *Niphal* PANDIWARI) ay "tumayo." Ito ang tanging pagkagamit ng PANDIWA na ito sa wikain.

Ang pananaw ng pinagpasyahan/itinatag na paglalang (cf. Isaias 54:18) ay ang layunin ng Awit 119:90-91 (iba't-ibang PANDIWA, BDB 763, KB 840). Pansinin ang mga bagay na "nakatayo."

1. salita ni YHWH (Awit 119:89b, 91a)
2. katapatan ni YHWH
3. paglalang ni YHWH

Silang lahat ay Kaniyang mga lingkod (Awit 119:91b). Ngunit pansinin ang Awit 119:96 ay tila nagpapahiwatig ng isang pagkakaiba. Gayunman, ang layunin ng pagkakaiba ay di-tiyak.

**119:90a** Ang katotohanang ito ay kaagapay sa Awit 36:5 at 89:1-2. Sila ay nagpapahayag ng pagkawalang-hanggan ng Diyos, ng Kaniyang salita, at paglalang. Ang katapatan ay ipinapakilala ang

1. Diyos mismo
2. Kaniyang kapahayagan sa salita
3. Kaniyang kapahayagan sa paglalang (cf. Awit 119:91; 148:1-6; Jeremias 31:35-37)

**119:91 "lahat na bagay ay mga lingkod mo"** Ang wikaing ito ay tumutukoy sa lahat ng nilalang na bagay (i.e., Genesis 1, cf. Awit 103:19; Ecclesiastes 11:5; Jeremias 10:16; 51:19). Ang salita ng Diyos ang nagdala sa pisikal sa pag-iral at pinapanatili ito. Ang pisikal ay mayroong hangtungan (cf. Awit 119:96), ngunit ang salita ng Diyos ay walang hantungan.

**119:92 "kundi"** Pansinin ang may pasubaling kalikasan ng mga susunod na pahayag tungkol sa salmista na nangangailangan ng pagliligtas/pagbuhay at kapahayagan ng Diyos, na walang-hanggan. Pansinin ang bilang ng mga "ako" sa Awit 119:92-96 sa NASB (6) na naglalarawan ang mga kaisipan at mga pagkilos ng salmista.

**119:93 "Hindi ko kalilimutan ang Iyong mga tuntunin"** Tingnan ang tala sa Awit 119:83b.

▣ **"sapagkat sa pamamagitan ng mga yaon ay binuhay mo ako"** Ito PANDIWA ay isang *Piel* GANAP na nagpapakilala ng natapos ng gawain ng kaligtasan ng Diyos. Ito ay pinag-iiba sa PAUTOS ng Awit 119:88.

**119:94 "Ako ay iyo"** Ang salmista ay nagpapahayag, tulad ng paglalang, siya ay pagmamay-ari ni YHWH, ang manlilikha ng lahat ng mga bagay upang isakatuparan ang Kaniyang mga layunin.

▣ **"iligtas ako"** Ito ay isang *Hiphil* PAUTOS, ang tanging PAUTOS sa talatang ito. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan (OT). Ang salmista ay nararamdaman ang pag-atake (Awit 119:95a). Sa Awit 119:92, ang terminong "kadalamhatian" ay maaaring tumukoy sa kinatawan ng "masama" o ng Diyos (Awit 119:67,71).

Inililigtas ni YHWH silang naghahanap/nagtitiwala sa Kaniya (cf. Awit 13:5; 25:2; 31:14; 52:8;

56:4; 86:2). Mayroong dalawang aspeto sa kasunduan (ang pang-Diyos at ang pantaong nilalang)!

▣ **"Aking hinanap ang Iyong mga tuntunin"** Ang kaisipang ito ng matapat na mga taga-sunod na aktibong hinahanap (BDB 205, KB 233, *Qal* GANAP) ang kapahayagan ng Diyos ay makikita din sa Awit 119:2,45,155. Mayroong maka-Diyos an aspeto sa kapahayagan at isang indibidwal na aspeto sa kapahayagan!

**119:96** Ang talatang ito ay mahirap maunawaan. Gayunman, kung anuman na "may hangganan o limitado" (tila tumutukoy sa kaayusan ng linikha nilikha order) ay naiiba sa walang-hanggang (sa literal, "malapad") kapahayagan ng Diyos (i.e., walang hangganan).

Ang terminong "kasakdalan" (BDB 479) ay matatagpuan lamang dito.

Ang salmista ay tumatawag sa isang Walang-hanggang na iligtas siya. Ang masama ay masasawi, ang paglalang ay malilipol (i.e., 2 Pedro 3:10,12), ngunit ang isang Walang-hanggang ay maaalala ang Kaniyang matapat na mga taga-sunod!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:97-104 (*Mem*)**

**97 Oh gaanong iniibig ko ang iyong kautusan!**
**Siya kong gunita buong araw.**
**98 Pinarunong ako kay sa aking mga kaaway ng iyong mga utos;**
**sapagkat mga laging sumasa akin.**
**99 Ako ay may higit na unawa kay sa lahat ng tagapagturo sa akin;**
**sapagkat ang iyong mga patotoo ay gunita ko.**
**100 Ako ay nakakaunawa na higit kay sa may katandaan,**
**sapagkat aking iningatan ang mga tuntunin mo.**
**101 Aking pinigil ang mga paa ko sa lahat ng masamang lakad,**
**upang aking masunod ang salita mo.**
**102 Ako ay hindi lumihis sa iyong mga kahatulan;**
**sapagkat iyong tinuruan ako.**
**103 Pagkatamis ng iyong mga salita sa aking lasa!**
**Oo, matamis kay sa pulot sa aking bibig!**
**104 Sa iyong mga tuntunin ay nagkakamit ako ng unawa:**
**kayat aking ipinagtatanim ang bawat lakad na sinungaling.**

**119:97 "Oh gaanong iniibig ko ang Iyong kautusan"** Sa maraming paraan, ang mga Awit 19 at 119 ay ang teolohikong kabaliktaran sa pagpapakilala ng mga pangkasaysayang aklat' at mga pangpropesiyang aklat' kung paaano kumilos ang Israel tungo sa kapahayagan ng Diyos.

Ang pag-ibig (BDB 12, KB 17, *Qal* GANAP, cf. Awit 119:47, 48, 113, 127, 163, 165) ay naipapakilala bilang "gunita sa buong araw" (cf. Awit 119:15,48,99).

Ang umibig ay (cf. Deuteronomio 6:5)

1. maggugol ng panahon kasama
2. magalak sa
3. sumunod sa
4. isalin sa iba

Ang pariralang isinalin ng NASB na "buong araw" ay ang Hebreong salitang *'olam*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

**119:98** Ang kaalaman ng kapahayagan ng Diyos ay ginagawang mas marunong ang matapat na taga-sunod kaysa

1. kaniyang mga kaaway, Awit 119:98
2. kaniyang mga guro, Awit 119:99

3. mga matatanda (i.e., may karanasan), Awit 119:100

**119:100** Pansinin na ang karunungan ay hindi lamang kaalaman ngunit pamumuhay na may pagsunod (cf. Awit 119:100b). Ang pagsunod na ito ay inilalarawan bilang

1. pagpigil sa aking mga pala mula sa bawat masamang daan (cf. Awit 1:1; 5:8; 16:11; 139:24; Kawikaan 1:15; 4:14)
2. hindi lumihis mula sa Iyong mga kahatulan (isang wikain para sa paglihis mula sa inihayag na landas ng Diyos, cf. Deuteronomio 17:20; Joshue 23:6)

Ang unang pangalan para sa iglesiya ay "Ang Daan" (cf. Mga Gawa 9:2; 18:25,26; 19:9,23; 22:4; 24:14,22).

**119:101b "upang aking masunod ang Iyong salita"** Ito ay ang susi teolohikong katotohanan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Iingatan.

**119:102b** Sa Awit 119, ang Diyos at Kaniyang kapahayagan ay pinagsama. Ang makilala Siya ay makilala ang Kaniyang salita. Ang Diyos ay ang guro at ang nilalaman ng kapahayagan. Ang hiling sa Diyos na turuan ang salmista ay matatagpuan sa Awit 119:12,26,33, 64,108,124,135,171.

**119:103** Ang talatang ito ay nagpapakilala ng Awit 19:10b ngunit sa magkakaibang salita para sa "matamis" (BDB 576, KB 594, *Niphal* GANAP, sa literal ay "makinis," matatagpuan lamang dito sa OT). Ang wikaing "katamisan" ay isang paraan upang ilarawan kung paaanong ang mga katuruan ng Diyos ay ginagawang nakakalugod at mapayapa ang buhay!

**119:104** Mayroong lamang iisang tanging pinanggagalingan ng katotohanan, buhay, kapayapaan, at kaligayahan—YHWH. Ang makilala siya ay mapusok na pagtanggi (sa literal, "galit") sa lahat ng iba pang paraan (i.e., Awit 119:53,128,163; Kawikaan 13:5; Amos 5:15).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:105-112 (*Nun*)**

**105 Ang salita mo ay ilawan sa aking mga paa,**
**at liwanag sa aking landas.**
**106 Ako ay sumumpa, at pinagtibay ko,**
**na aking tutuparin ang mga matuwid mong kahatulan.**
**107 Ako ay nagdadalamhating mainam:**
**buhayin mo ako, Oh Panginoon, ayon sa iyong salita.**
**108 Tanggapin mo, isinasamo ko sa iyo, ang mga kusang handog ng aking bibig, Oh Panginoon,**
**at ituro mo sa akin ang mga kahatulan mo.**
**109 Ang kaluluwa ko'y laging nasa aking kamay;**
**gayon ma'y hindi ko kinalilimutan ang kautusan mo.**
**110 Ipinaglagay ako ng silo ng masama;**
**gayon ma'y hindi ako lumihis sa iyong mga tuntunin.**
**111 Ang mga patotoo mo ay inari kong pinakamana magpakailanman;**
**sapagkat sila ang kagalakan ng aking puso.**
**112 Ikiniling ko ang puso ko na ganapin ang mga palatuntunan mo,**
**magpakailan man, sa makatuwid baga ay hanggang sa wakas.**

**119:105** Walang PANDIWA sa talatang ito. Ang salita ng Diyos ay nagbibigay-liwanag sa buhay (cf. Awit 43:3; Kawikaan 6:23; 2 Pedro 1:19). Ang buhay ay inilalarawan bilang isang landas, isang maliwanag na tinakdang landas, tinakda ng kapahayagan ng Diyos (cf. Awit 89:15; Isaias 2:5; 1 Juan 1:7). Ang lumihis sa kanan o kaliwa ay nagdudulot ng kapamahakan.

Nalalaman natin mula sa NT na ang pangwaka na kapahayagang ng Diyos ay si Hesus (cf. Juan 1:1-14;

taga-Filipos 2:6-11; taga-Colosas 1:13- 16; Hebreo 1:2-3). Siya ng liwanag ng mundo (cf. Juan 1:4; 8:12; 9:5).

**119:106** Ang salmista ay nagpapahayag na siya ay lumakad sa landas ng kapahayagang Diyos. Ang mga anyo ng PANDIWA ay nagpapahiwatig ng isang pasimulang kapasyahan at isang nagpapatuloy na pagpapasiya para sa kapahayagan ng Diyos. Ang biblikal na pananampalataya ay isang "pintuan" (panimula, personal na pakikipagtagpo sa Diyos) at "isang landas/daan" (nagpapatuloy na pamumuhay, araw-araw na pagsunod). Tinuturo ito ni Hesus sa Mateo 7:13-14. Ito ay isang kapasyahan at isang pagiging alagad.

Sa makabagong buhay ng Hudyo, ang mga bata ay nag-aaral ng Hebreong Bibliya, at sa gulang na 13 para sa mga lalaki at 12 para sa mga babae, sila ay nagtalaga sa kanilang sarili na panatilihin ito (*Bar-Mitzvah*, *Bat-Mitzvah*).

**119:107** Ang kalikasan ng kadalamhatian ay di-tiyak. Ito ay maaaring
1. masama, Awit 119:110 (cf. Job 24:13)
2. Diyos mismo para sa nakalipas na pagsuway ng salmista (cf. Awit 119:67,71)

▣ **"buhayin ako"** Ito sa literal ay "bigyan ako ng buhay" (BDB 310, KB 309) at isang inuulit na kahilingan (cf. Awit 119:25,37,40,50,88,93,107,149,154,156,159,175). Dito, ito ay maaaring nangangahulugang pisikal na buhay, ngunit ang isa na nakakaalam ng kapahayagan ng Diyos ay nalalaman din na ito ay nagpapakilala din ng isang malusog na espiritual na buhay. Ang buhay ay nagmula "sang-ayon sa Iyong salita."

**119:108a** Ang talatang ito at iba pa na tulad nito ay ang pinagmulan ng pagsamba kay YHWH ng mga tao sa mga salita at hindi sa mga handog dahil ang kanilang templo ay nawasak (cf. Isaias 57:19; Osea 14:2; Hebreo 13:15).

**119:108b** Ang pagkaunawa ay hindi maaari maliban sa tulong ng Diyos. Ang Diyos ay naghahangad na buksan ang ating mga isip sa Kanyang sarili at Kaniyang mga gabay para sa buhay (cf. Awit 119:12,26, 64, 66,68,124,135,171).

**119:109 "kaluluwa"** Ito ang Hebreong terminong *nephesh* (BDB 659). Tingnan ang buong tala sa Genesis 35:18 sa internet.

▣ **"nasa Iyong kamay"** Ang Hebreong wikain ay mauunawaan sa dalawang paraan.
1. sa isang salungat na kaunawaan, kung saan ang "kamay" ay tumutukoy sa kapangyarihan na higit sa iba (cf. Mga Hukom 12:3; 1 Samuel 19:5; 28:21; Job 13:14, tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay)
2. sa isang paayong kaunawaan, kung saan ang "kamay" ay tumutukoy sa pagpapanatili ng Diyos ng kapangyarihan at proteksiyon (i.e., Awit 31:5)

Ang MT ay may "sa aking kamay," habang ang LXX ay may "sa Iyong kamay." Ang unang ay nangangahulugang ang pagsunod sa kapahayagan ng Diyos ay nangangahulugang paglaban sa isang nalugmok na mundo. Ang pangalawa, ito ay nagpapakita ng pananatili ng Diyos ng kapangyarihan at pagkalinga (cf. NJB).

**119:110** Ang salmista ay pinaparatangan ng ilang paglabag sa kasunduan ngunit siya ay nagpapahayag kaniyang katapatan sa kapahayagan ng Diyos.

Ang "silo," tulad ng "hukay" ng Awit 119:85, na isang panghuli ng hayop, dito ginamit bilang isang talinghaga para sa mga agresibong pag-atake ng tao.

**119:111-112** Ang kapahayagan ng Diyos sa Israel ay katibayan ng kanilang natatanging pakikipag-

ugnayan sa Kaniya. Ang salmista ay naninindigan sa kaniyang katapatan at pagsunod sa kapahayagan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Iingatan.

**119:111 "sila ang kagalakan ng aking puso"** Naluwalhati ang Israel sa kapahayagan ng Diyos (cf. Awit 1:2; 19:7-11). Sa kanilang nakakaalam sa Diyos, ito ay hindi isang kabigatan ngunit isang kaaliwan (cf. Awit 119:14,16,24,35,47,70, 77, 92, 143,162,174).

**119:112 "magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

▣ **"hanggang sa wakas"** Tingnan ang katulad na paghahayag ng nagpapatuloy ng pagtatalaga (Awit 119:106) sa kapahayagan ng Diyos sa Awit 119:33.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:113-120 (*Samekh*)**
**113 Ipinagtatanim ko sila na may salawahang pagiisip;**
**ngunit ang iyong kautusan ay iniibig ko.**
**114 Ikaw ang kublihan kong dako at kalasag ko:**
**ako ay umaasa sa iyong salita.**
**115 Magsihiwalay kayo sa akin, kayong mga manggagawa ng kasamaan;**
**upang aking maingatan ang mga utos ng aking Diyos.**
**116 Alalayan mo ako ayon sa iyong salita, upang ako ay mabuhay;**
**at huwag mo akong hiyain sa aking pagasa.**
**117 Alalayan mo ako, at ako ay maliligtas,**
**at magkakaroon ako ng laging pitagan sa iyong mga palatuntunan.**
**118 Inilagay mo sa wala silang lahat na naliligaw sa iyong mga palatuntunan;**
**sapagkat ang kanilang pagdaraya ay kasinungalingan.**
**119 Inaalis mo ang lahat ng masama sa lupa na gaya ng taing bakal;**
**kayat iniibig ko ang mga patotoo mo.**
**120 Ang laman ko'y nanginginig dahil sa takot sa iyo;**
**at ako ay takot sa iyong mga kahatulan.**

**119:113 "Ipinagtatanim ko sila na may salawahang pagiisip"** Ang PANG-URI na "salawahang pag-iisip" (BDB 704 II) ay makikita lamang dito. Ang JPSOA ay isinasalin ito na "nahating puso." Ito ay kaugnay sa PANGNGALAN (BDB 704) na matatagpuan sa 1 Mga Hari 18:21. Tingnan ang Santiago 1:8; 4:8.

Ang talatang ito ay pinag-iiba ang dalawang uri ng tao.

1. ang mga taga-usig ng salmista
    a. salawahang pag-iisip, Awit 119:113a
    b. mga manggagawa ng kasamaan, Awit 119:115
    c. na naliligaw sa palatuntunan ng Diyos, Awit 119:118a
    d. mandaraya, Awit 119:118b
    e. masama, Awit 119:119
2. ang salmista
    a. iniibig ang kautusan ng Diyos, Awit 119:113b
    b. umaasa sa salita ng Diyos, Awit 119:114b
    c. iniingatan ang mga utos ng Diyos, Awit 119:115b
    d. pinipitagan ang mga palatuntunan ng Diyos, Awit 119:117b
    e. iniibig ang mga patotoo ng Diyos, Awit 119:119b
    f. natatako sa mga kahatulan ng Diyos, Awit 119:120b

▣ **"iniibig ko"** Ang lubos na pagkakaiba ay nagpapakilala ang malawak na puwang na na lumaki

pagitan nilang umiibig sa Diyos at sa Kaniyang kapahayagan at sa kanilang hindi! Walang panggitnang bahagi.

**119:114 "Diyos ay aking kublihan"** Ang PANGNGALAN (BDB 712) ay nagpapakilala isang silungan.

1. ang tabernakulo/templo – Awit 27:5
2. Diyos mismo – Awit 31:20; 32:7,10
3. silungan ng Kaniyang pakpak – Awit 61:5
4. lilim ng Makapangyarihan – Awit 91:1 (tingnan ang Natatanging Paksa: Unino bilang isang Talinghaga para sa Proteksiyon at Pagkalinga)

▣ **"kalasag ko"** Ang PANGNGALAN (BDB 171) ay binibigyang-katauhan bilang proteksiyon ni YHWH sa Kaniyang mga taga-sunod.

1. Abraham – Genesis 15:1
2. Israel – Deuteronomio 33:29; Awit 33:20;59:11; 115:9,10
3. ang salmista – Awit 3:3; 18:2; 28:7; 84:9
4. matuwid na tao – Awit 5:12
5. ang matuwid sa puso – Awit 7:10
6. silang nangungubli sa Kaniya – Awit 18:30,35; Kawikaan 30:5
7. silang lumalakad nang matuwid – Awit 84:11; Kawikaan 2:7
8. silang may tako sa Kaniya – Awit 115:11
9. Kaniyang hari – Awit 144:2

▣ **"ako ay umaasa sa Iyong salita"** Ang PANDIWA (BDB 403, KB 407, *Piel* GANAP) ay nagpapakilala pag-asa at patiyagang pagtitiwala na ang Diyos ay tutuparin ang Kaniyang mga pangako (cf. Awit 31:24; 33:18,22; 69:3; 119:43,49,74, 81,114,147).

**119:115-117** Ang mga linyang ito ng panulaan, lahat ay nagsisimula sa isang PAUTOS (i.e., kahilingan sa panalangin). Ang lahat ng mga ugat ay nagsisimula sa isang *samekh*.

1. magsihiwalay kayo sa akin, mga manggagawa ng kasamaan – BDB 693, KB 747, *Qal* PAUTOS
2. alalayan ako ayon sa iyong salita – BDB 701, KB 759, *Qal* PAUTOS
3. alalayan ako – BDB 703, KB 761, *Qal* PAUTOS

Pansinin kung paanog ang pangalawang linya ay nagbibigay ng ninanais na bunga.

1. upang aking maingatan ang mga utos – *Qal* PANG-PANGKAT
2. upang ako ay mabuhay – *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
3. ako ay maliligtas – *Niphal* PANG-PANGKAT (Awit 119:117a)
4. akoy ay may pitagan sa Iyong mga palatuntunan (Awit 119:117b)

**119:118** Ang talatang ito ay nagpapahiwatig ng pagsamba sa Diyus-diyosan (cf. Isaias 28:15; Jeremias 10:14; 51:17), hindi lamang pagsuway sa kasunduan.

Ang terminong "itinanggi" (BDB 699, KB 756) ay matatagpuan lamang dito at sa Panaghoy 1:15. Ito ay isa pang halimbawa ng isang di-karaniwang terminong pinili upang iugma sa akrostikong anyo.

**119:119-120** Pansinin na ang "pag-ibig" (cf. Deuteronomio 6:4-6) at "pagkatakot" (Awit 119:120) ay magkasama. Mayroong paggalang na para sa Diyos ng sanlibutan (i.e., NIDOTTE, tomo 2, p. 529), na siya ring Tagapagligtas ng sanlibutan, na siya ring Hukom ng sanlibutan!

Ang terminong "naririning" (BDB 702, KB 760, *Qal* GANAP) ay matatagpuan lamang dito at ang *Piel* lamang sa Job 4:15. Isang kaugnay na anyo (i.e., iba't-ibang mga patinig) ay matatagpuan lamang sa Jeremias 51:27. Ito ay isa pang di-karaniwang salita na ginamit upang itugma sa akrostikong anyo.

**119:119**
**NASB "Inaalis mo ang lahat ng masama"**

**NKJV** **"Tinanggal mo ang lahat ng masasama"**
**NRSV** **"Ang lahat ng masama. . .ibinibilang na marumi"**
**NJB** **"Sa iyong paningin, ang lahat na masasama. . .ay tulad ng kalawang"**
**JPSOA** **"Ikaw ay lumayo sa masasama"**
**LXX** **"Lang ng makasalanan. . .aking ibinigilang na lumabag"**

Ang BDB 991 at KB 1409 ay may maraming mga mungkahi para sa *Hiphil* ng ugat na ito.

1. idulot na tumigil, wakasan, cf. Awit 46:9
2. lipulin, wasakin, cf. Awit 8:2; 19:119
3. idulot na huminto mula sa
4. tanggalin, cf. Awit 89:44
5. idulot na manghina

Ang UBS Text Project (p. 411) ay may dalawang mga opsyon.

1. ikaw ay huminto
2. isinasaalang-alang/isinaalang-alang mo

Binibigyan nito ng isang "C" na antas (malaking pagduruda) sa #2.

Ang unang salita ng Awit 119:119 ay "duming bakal" (BDB 691), na ginamit mula sa karaniwang ayos upang umakma sa akrostikong huwaran. Ito ay tumutukoy sa mga dumi ng mga nakakapanglinis na bakal. Ito ay walang-gamit at ibinabasura.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:121-128 (*Ayin*)**
**121 Ako ay gumawa ng kahatulan at kaganapan:**
**huwag mo akong iwan sa mga mangaapi sa akin.**
**122 Maging tagapatnugot ka ng iyong lingkod sa ikabubuti:**
**huwag mong ipapighati ako sa palalo.**
**123 Pinangangalumatahan ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,**
**at ang iyong matuwid na salita.**
**124 Gawan mo ang lingkod mo ng ayon sa iyong kagandahang-loob,**
**at ituro mo sa akin ang mga palatuntunan mo.**
**125 Ako ay lingkod mo; bigyan mo ako ng unawa;**
**upang aking maalaman ang mga patotoo mo,**
**126 Kapanahunan sa Panginoon na gumawa;**
**sapagkat kanilang niwalang kabuluhan ang kautusan mo.**
**127 Kayat aking iniibig ang mga utos mo**
**ng higit sa ginto, oo, higit sa dalisay na ginto.**
**128 Kayat aking pinahahalagahan na matuwid ang lahat mong mga tuntunin**
**tungkol sa lahat ng mga bagay;**
**at ipinagtatanim ko ang bawat sinungaling na lakad.**

**119:121-128** Ang talatang ito ay sinusundan ang karaniwang huwaran. Ang salmista ay inilalarawan ang sarili upang ihambing sa kanilang sumasalungat sa kaniya.

1. ang salmista
   a. siya ay gumawa ng katarungan (BDB 1048), Awit 119:121
   b. siya ay gumawa ng katuwiran (BDB 841), Awit 119:121
   c. pinangangalumatahan ng kaniyang mata ang pagliligtas ng Diyos, Awit 119:123a
   d. pinangangalumatahan ng kaniyang mata ang matuwid salita ng Diyos, Awit 119:123b
   e. siya ay lingkod ng Diyos, Awit 119:122,124,125
   f. iniibig niya ang mga utos ng Diyos, Awit 119:127
   g. kaniyang pinahahalagaha ng matuwid ang lahat na mga kapahayagan ng Diyos, Awit 119:128a
   h. siya ay nasusuklam sa bawat bulaang daan, Awit 119:128b (cf. Awit 31:6; 119:104,163;

Kawikaan 13:5)

2. ang kaniyang mga katunggali ay inilalarawan bilang
   a. aking mga mang-aapi (BDB 798, KB 897, *Qal* PANDIWARI), Awit 119:121b
   b. ang palalo, Awit 119:122b (cf. Awit 119:21,51,69,78,85)
   c. kanilang niwalang kabuluhan ang kautusan ng Diyos, Awit 119:126b
   d. kanilang iniibig ang sinungaling na lakad (pahiwatig), Awit 119:128b

**119:121 "katarungan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Hukom, Kahatulan at Katarungan.

▣ **"katuwiran"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran.

**119:122** Ito ang una sa limang mga kahilingan sa panalangin.

1. Maging tagapatnugot ka ng iyong lingkod sa ikabubuti, Awit 119:122a – BDB 786, KB 876, *Qal* PAUTOS (sa literal, "bigyan ng garantiya"), cf. Job 17:3; Isaias 38:14
2. huwag mong ipapighati ako sa palalo (BDB 267), Awit 119:122b – BDB 798, KB 897, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Ang *Qal* TAHAS NA PANDIWARI ay na ginamit sa Awit 119:121 upang ilarawan ang kaniyang mga kaaway.
3. Gawan mo ang lingkod mo ng ayon sa iyong kagandahang-loob, Awit 119:124a – BDB 793, KB 889, *Qal* PAUTOS. YHWH's *hesed* (BDB 338) ay isang inuulit na paksa, cf. Awit 51:1; 106:45; 109:26; 119:88,149,159.
4. ituro mo sa akin ang mga palatuntunan mo, Awit 119:124b – BDB 540, KB 531, *Piel* PAUTOS, ito ay isa pang inuulit na paksa, cf. Awit 119:12,26,64,108,135,171
5. bigyan mo ako ng unawa, Awit 119:125a – BDB 106, KB 122, *Hiphil* PAUTOS, ito ay isa pang inuulit na paksa, cf. Job 32:8; Awit 119:27,34,73,125,130,144,169

▣ **"sa ikakabuti"** Si Dahood ay maaaring tama (tingnan ang AB, tomo 17A, p. 187) na ang *lamedh* bago sa "mabuti" (BDB 373 ay maaaring magpakilala ng PANAWAGAN (i.e., Oh Siyang Mabuti), na gaya ng ginawa sa Awit 119:126 bago sa YHWH, isinalin na "Oh Panginoon."

▣ Ang NASB Study Bible (p. 869) ay gumagawa ng nakakawiling pagmamasid, na sinusundan ang mga tala ng Jewish Masora, na ang Awit 119:122 ay ang tanging talata sa Awit 119 na isang tuwiran o di-tuwirang (i.e., Awit 119:90,121,132) sanggunian na hindi makikita ang kapahayagan ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos). Gayunman, Dahood sa AB (p. 193) ay nagpapahayag na 119:37,90, 121, 122,132, at 149 ay walang tiyak na salita para sa kapahayagan ng Diyos.

**119:123** Ang kaligtasan ay kadalasang tumutukoy sa pisikal na pagpapalaya (tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan [OT]) ngunit dito, ang susunod na linya ay nagpapahiwatig isang pananabik para sa lahat ng mga pangako ng Diyos na dumating sa kaganapan (nagpapahiwatig ng pambansa at ng mga eskatolohikong pangako).

**119:124 "kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

**119:125 "upang aking malaman"** Sa ito konteksto, ang "malaman" (BDB 393, KB 390, *Qal* PANG-PANGKAT) ay tiyak na tumutukoy sa pag-unawa. Gayunman, ang Hebreong PANDIWA ay kadalasang nagpapakilala isang sangkap ng personal na pakikipag-ugnayan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala.

**119:126 "Kapanahunan sa Panginoon na gumawa"** Ang mga matapat na taga-sunod ay tinatanganan nang mabuti ang salita at mga pangako ng Diyos. Nakita nila ang kasamaan at kaguluhan sa paglalang at

nananabik na pagnanais para sa Diyos sa mamagitan sa pantaong kasaysayan at isakatuparang lahat ang Kaniyang salita (cf. taga-Roma 8:18-25)!

**119:127b** Ito ay nagpapaalala sa aking ng Awit 19:10 (cf. Awit 119:103)! Oh, napakahalaga ng sariling pagbubunyag ng Diyos sa kapahayagan. Hindi niya iniwan ang mga mananampalataya sa kawalang-pag-asang kapamanggitan ng nalugmok na mundo/panahong ito. Ipinagbibigay-alam Niya ang Kaniyang kalooban at paraan para sa atin upang mahanap at mapanatili ang napakalapit na pagsasama kasama Niya, kahit ngayon!

**119:128** Ito ang pananaw sa mundo ng matapat na mga taga-sunod. Hindi lubusang nauunawaan ng mga mananampalataya ang lahat ng kapahayagan ng Diyos, ngunit sila ay nagtitiwala sa Diyos. Ito ay ganap na kasalungat sa kanilang

1. pinipili ng ilan sa Kaniyang mga kapahayagan ngunit hindi lahat (cf. Awit 119:113)
2. pinipili ang ibang mga diyos (i.e., pagsamba sa Diyus-diyosan, cf. Awit 31:6; 119:104; Jeremias 10:3)

Mayroong maraming tanong tungkol sa Awit 119:128.

1. Bakit ito nagsimula sa "samakatuwid," kung ito ay walang lohikong kaugnayan sa Awit 119:127? Maaaring upang iakma ang akrostiko (ang 119:127 ay nagsisimula din sa "samakatuwid" para sa mga akrostikong layunin).
2. Bakit ang inuulit ang paggamit ng "lahat"?
3. Bakit ang PANDIWA, ישר (BDB 448, KB 449, *Piel* GANAP), ay kadalasang isinalin na "maging makinis," "maging matuwid," o "maging tama." Maaaring ito ay nagpapakilala ng tunay daan/landas (i.e., "matuwid" bilang isang panukat na patpat/tambo, cf. Kawikaan 3:6) laban sa "ang bulaang landas/daan."

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:129-136 (*Pe*)**

**129 Ang mga patotoo mo ay kagilagilalas;**
**kayat sila ay iniingatan ng aking kaluluwa.**
**130 Ang bukas ng iyong mga salita ay nagbibigay ng liwanag;**
**nagbibigay ng unawa sa walang muwang.**
**131 Aking binuka ng maluwang ang bibig ko, at ako ay nagbuntong-hininga;**
**sapagkat aking pinanabikan ang mga utos mo.**
**132 Manumbalik ka sa akin, at maawa ka sa akin,**
**gaya ng iyong kinauugaliang gawin sa nagsisiibig ng iyong pangalan.**
**133 Itatag mo ang mga hakbang ko sa iyong salita;**
**at huwag magkaroon ng kapangyarihan sa akin ang anomang kasamaan.**
**134 Tubusin mo ako sa pagpighati ng tao:**
**sa gayo'y aking tutuparin ang mga tuntunin mo.**
**135 Pasilangin mo ang mukha mo sa iyong lingkod;**
**at ituro mo sa akin ang mga palatuntunan mo.**
**136 Ang mga mata ko'y nagsisiagos ng mga ilog ng tubig;**
**sapagkat hindi nila tinutupad ang kautusan mo.**

**119:129 "kagilagilalas"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kahanga-hangang Bagay.

▣ **"kaluluwa"** Ito ay *nephesh* (BDB 659), na nagpapakilala ng buhay ng tao. Tingnan ang buong tala sa Genesis 35:18 sa internet.

▣ **"sila'y iniingatan"** Ito ay isang inuulit na pagbibigay-diin (cf. Awit 119:2,22,33,34,56,69,100,115, 129, 145, 168, tingnan ang Natatanging Paksa: Iingatan). Ang biblikal na pananampalataya ay hindi

lamang liwanag ngunit lumalakad sa liwanag (cf. Awit 89:15; 119:105; Kawikaan 6:23; Isaias 2:5; 1 Juan 1:5-7).

Pansinin ang katulad na pagbibigay-diin sa pagsunod sa Awit 119:134b, "makilala," *Qal* PANG-PANGKAT (BDB 1036, KB 1581).

**110:130 "Ang bukas"** Ito ang tanging gamit ng salita (BDB 836) sa OT. Muli, isang di-karaniwang salita ay ginamit upang iakma sa akrostikong anyo.

▣ **"walang muwang"** Ang salitang ito (BDB 834) ay may isang kasalungat (i.e., Kawikaan 1:22) o paayong kahulugan. Dito, ito ay paayon. Ninanais ng Diyos ang lahat ng mga tao na makilala Siya at Kaniyang kalooban. Dito, ito ay nagpapakilala isang natuturong tao (cf. Awit 19:7) ngunit ang isa, sa anumang kadahilanan, ay hindi nalalaman ang kapahayagan ng Diyos.

**119:131** Ang mga ito ay tatlong wikain para sa isang marubdom na pagnanais.

1. ibuka ang bibig – Job 29:23
2. nagbuntong-hininga – Awit 42:1
3. nananabik – Awit 119:20

Ang huling salita (BDB 383) ay matatagpuan lamang dito sa OT.

**119:132-135** Mayroong kalipunan ng PAUTOS na mga kahilingan sa panalangin.

1. manumbalik sa akin – BDB 815, KB 937, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 25:16; 69:16
2. maawa sa akin – BDB 335, KB 334, *Qal* PAUTOS
3. ilatag ang mga hakbang ko – BDB 465, KB 464, *Hiphil* PAUTOS
4. tubusin ako – BDB 804, KB 911, *Qal* PAUTOS(tingnan ang Natatanging Paksa: Pangtubos/ Katubusan)
5. sumilang sa Iyong lingkod – BDB 21, KB 24, *Hiphil* PAUTOS
6. ituro sa akin – BDB 540, KB 531, *Piel* PAUTOS

Mayroong also one more request inihahayag sa isang kasalungat (i.e., "do hindi let any have dominion over me," cf. Awit 19:13, ngunit isang iba't-ibang PANDIWA). Ito ay isang *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, Awit 119:133b.

**119:132b** Anong isang magandang pagpapakilala sa matapat na mga taga-sunod ng Diyos (cf. Awit 5:11; 69:36; Isaias 56:6)!

Ang pangalan ay nagpapakilala sa Diyos mismo. Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

**119:133 "Itatag ang mga hakbang ko"** Ito ay ang paglalarawan ng isang malinaw, makinis, walang hadlang na landas (cf. Awit 17:5), na ginawang maaari ng kapahayagan, mga pagkilos, at mga pangako ng Diyos (i.e., Isaias 40:3-4).

**119:135 "Pasilangin mo ang mukha mo sa iyong lingkod"** Ito ay isang pagkabanggit sa Aaronikong pagpapala ng Bilang 6:24-26. Ito ay maraming beses na binabanggit sa Salmo (cf. Awit 4:6; 31:16; 67:1; 80:3,7,19, at dito).

Ang salungat na wikain ay kay YHWH na itago ang Kaniyang mukha (cf. Awit 10:11; 13:1; 22:24; 27:9; 44:24; 69:17; 88:15; 102:2; 104:29; 143:7; Isaias 57:17).

**119:136** Ito ay isang mahalagang talata dahil ang karamihan ng mga sanggunian sa kanila na hindi iniingatan ang kautusan ng Diyos ay tumatawag ng kahatulan (i.e., Awit 119:53,158). Ito ay nagpapakita ng dalamhati at pamamagitan para sa masuwayin.

Ang isa ay gustong malaman kung ang salmista ay iniisip ang kaniyang personal na mga kaaway o ang mga kasalanan sa pangkalahatan ng Israel (cf. Jeremias 9:1,18; 14:17; Panaghoy 3:48).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:137-144 (*Tsadhe*)**
**[137]Matuwid ka, Oh Panginoon,**
**at matuwid ang mga kahatulan mo.**
**[138]Iniutos mo ang mga patotoo mo sa katuwiran**
**at totoong may pagtatapat.**
**[139]Tinunaw ako ng aking sikap,**
**sapagkat kinalimutan ng aking mga kaaway ang mga salita mo.**
**[140]Ang salita mo ay totoong malinis;**
**kayat iniibig ito ng iyong lingkod.**
**[141]Ako ay maliit at hinahamak:**
**gayon ma'y hindi ko kinalilimutan ang mga tuntunin mo.**
**[142]Ang katuwiran mo ay walang hanggang katuwiran,**
**at ang kautusan mo ay katotohanan.**
**[143]Kabagabagan at kahirapan ay humawak sa akin:**
**gayon ma'y ang mga utos mo ay aking kaaliwan.**
**[144]Ang mga patotoo mo ay matuwid magpakailan man:**
**bigyan mo ako ng unawa at mabubuhay ako.**

**119:137-144** Ang talatang ito ay pinaghahambing ang mga katangian ni YHWH at/o Kaniyang mga kapahayagan sa mga pangkasalukuyang kalagayan ng salmista.

1. si YHWH/Kaniyang mga kapahayagan ay inilalarawan bilang
   a. matuwid
      (1) PANG-URI (BDB 843), Awit 119:137
      (2) PANGNGALAN (PANLALAKING, BDB 841), Awit 119:138,144 (PAMBABAENG, BDB 842, Awit 119:142)
   b. matuwid (BDB 449), Awit 119:137
   c. matapat (PANG-ABAY, BDB 547), Awit 119:138, cf. Awit 119:86
   d. dalisay (BDB 864, KB 1057, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI), Awit 119:140
   e. walang-hanggan (BDB 761), Awit 119:142,144
   f. katotohanan (BDB 54), Awit 119:142
2. ang salmista
   a. siya ay may sigasig para sa kapahayagan ng Diyos (o laban sa kaniyang mga kaaway) ngunit ang kaniyang mga kaaway ay nakalimutan sila, Awit 119:139
   b. iniibig niya ang kapahayagan ng Diyos, Awit 119:140
   c. siya ay maliit at hinahamak ngunit hindi nakakalimutan ang kapahayagan ng Diyos, Awit 119:141
   d. kabagabagan at kahirapan ay humawak sa kaniya, gayunman siya ay nagagalak sa kapahayagan ng Diyos, Awit 119:143

**119:137 "Panginoon"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

**119:139** Sa konteksto, tila ang "sigasig" ng salmista (BDB 888) ay tinuro, hindi paayon, patungo sa salita ng Diyos ngunit laban sa kanilang nakalimot sa Kaniyang salita (cf. Awit 69:9; 119:53). Ito ay kasalungat ng Awit 119:136.

**119:140**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"totoong malinis"** |
| **NRSV, LXX** | **"mainan na sinubok"** |
| **TEV** | **"tiyak"** |

**NJB, REB** **"sinubok"**
**JPSOA** **"lubhang malinis"**

Ang PANDIWA (BDB 864, KB 1057, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI) ay nagpapakilala nang dinalisay sa pamamagitan ng apoy at ang dumi ay umaagos palayo sa isang lantay na bakal.

**119:141**
**NASB, NKJV, NRSV, Peshitta** **"maliit"**
**TEV** **"di-mahalaga"**
**NJB** **"walang kabuluhan"**
**JPSOA** **"minaliit"**
**LXX** **"bata"**
**REB** **"ng munting tala"**

Ang tanong ay, ang salita ba (BDB 859 I) ay tumutukoy sa

1. panahon (cf. Genesis 43:33; 48:14; Mga Hukom 6:15; Awit 68:27)
2. pisikal na laki (cf. 1 Samuel 9:21; Isaias 60:22; Jeremias 48:4; 49:20; 50:45)
3. dangal na panlipunan (cf. Mikas 5:2; at dito)

▣ Ito ay isang klasikong halimbawa ng pagkabaliktad ng tungkulin sa OT. Ang matapat na salmista ay tinawag na "hinahamak" (BDB 102, KB 117, *Niphal* PANDIWARI) na dapat ay sa kanilang may pakay na kalimutan/ipagsawalang-bahala ang kapahayagan ng Diyos. Ang mga panlabas na kalagayan (cf. Awit 119:143) sa nalugmok na mundong ito ay hindi nagpapakilala ng paghuhusga ng Diyos na sa isang araw ay itatakdang matuwid ang tala!

**119:142 "katutuhanan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT.

**119:143** Ito ang hiwaga kung bakit nagdurusa ang matuwid (cf. Job; Awit 73). Ang salmista ay iniingatan, umiibig, at kumikilos sa kapahayagan ng Diyos ngunit patuloy siyang nagdurusa sa mga kamay ng walang-diyos na tao at mga pangyayari ng nalugmok na panahon (i.e., pagkakasakit, kawalang-katarungan sa lipunan, atbp.).

Ang suliranin ay hindi Diyos o Kaniyang salita, ngunit ang nalugmok na kalagayan ng paglalang (cf. Genesis 3:6,11-12,13; Awit 14:3; taga-Roma 1:18-3:31).

**119:144** Ang tanging PAUTOS na kahilingan sa panalangin sa talata ay Awit 119:144b (cf. 119:27,125). Pansinin na ang pagkaunawa ay kailangang magbunga ng maka-Diyos na pamumuhay (BDB 310, KB 309, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa PANG-PANGKAT na kaunawaan).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:145-152 (*Ooph*)**

145 **Ako ay tumawag ng aking buong puso; sagutin mo ako, Oh Panginoon:**
**iingatan ko ang iyong mga palatuntunan.**
146 **Ako ay tumawag sa iyo; iligtas mo ako,**
**at aking tutuparin ang mga patotoo mo.**
147 **Ako ay nagpauna sa bukang-liwayway ng umaga, at dumaing ako:**
**ako ay umasa sa iyong mga salita.**
148 **Ang mga mata ko'y nanguna sa mga pagpupuyat sa gabi,**
**upang aking magunita ang salita mo.**
149 **Dinggin mo ang tinig ko ayon sa iyong kagandahang-loob:**
**buhayin mo ako, Oh Panginoon, ayon sa iyong mga kahatulan.**
150 **Silang nagsisisunod sa kasamaan ay nagsisilapit;**

**sila ay malayo sa iyong kautusan.**
**151 Ikaw ay malapit, Oh Panginoon;**
**at lahat mong utos ay katotohanan.**
**152 Nang una'y nakaunawa ako sa iyong mga patotoo,**
**na iyong pinamalagi magpakailan man.**

**119:145-152** Yamang lubhang karaniwan sa mga akrostikong istropa ito, ang salmista ay inihahambing ang kaniyang mga pagkilos at kaisipan sa mga nagpapahirap sa kaniya.

1. ang salmista
   a. ako ay tumawag ng aking buong puso, Awit 119:145a
   b. iingatan ko ang iyong mga palatuntunan, Awit 119:145b
   c. ako ay tumatawag sa iyo, Awit 119:146a
   d. aking tutuparin ang mga patotoo mo, Awit 119:146b
   e. ako ay nagpauna sa bukang-liwayway ng umaga at dumaing ako, Awit 119:147a
   f. ako ay umaasa sa iyong mga salita, Awit 119:147b
   g. aking magunita ang salita mo, Awit 119:148b
   h. nang una ay nakaunawa ako sa iyong mga patotoo, Awit 119:152a
2. kaniyang mga mag-aapi
   a. silang nagsisisunod sa kasamaan ay nagsisilapit, Awit 119:150a
   b. sila ay malayo sa iyong kautusan, Awit 119:150b

▣ Sa liwanag ng ito comparison ang salmista makes apat na mga kahilingan sa panalangin.

1. sagutin ako, Awit 119:145a – BDB 772, KB 851, *Qal* PAUTOS
2. iligtas ako, Awit 119:146a – BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAUTOS
3. dinggin ang tinig ko, Awit 119:149a – BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS
4. buhayin ako, Awit 119:149b – BDB 310, KB 309, *Piel* PAUTOS

Ito ay isang karagdagang ipinahiwatig na kahilingan sa Awit 119:151a. Gaya ng paglapit ng masama sa kaniya, siya ay nagpapahayag na malapit si YHWH, Awit 119:151. Ito ay isang kapahayagan (walang PANDIWA) ngunit isa ring panalangin!

**119:145 "ng aking buong puso"** Ito ay maaaring maintindihan sa dalawang mga kaunawaan.

1. ng buo kong pagkatao (tulad ng isang magkakatulad na wikain sa Awit 103:1, "lahat ng nasa loob ko")
2. nagpapahayag na siya ay hindi isang "salawahang pag-iisip" (cf. Awit 119:113) o mahinang-loob na taga-sunod (pinag-iba si David, isang buong puso kay Solomon sa kaniyang katandaan, isang salawahang puso)

▣ **"Oh Panginoon"** Mayroong tatlong MGA PANAWAGAN pinapatungkol kay YHWH sa talatang ito (Awit 119:145,149,151). Para sa "YHWH" tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

**119:148** Ang salmista ay hindi makatulog dahil sa

1. pag-atake ng mga Israelitang walang pananampalataya (maaaring mga sumasamba sa diyus-diyosan)
2. kaniyang buong-pusong debosyon sa kapahayagan ng Diyos

**119:149** Ang salmista ay hinihiling kay YHWH na kumilos dahil sa

1. Kaniyang katangian ng kagandahang-loob
2. Kaniyang kapahayagan (i.e., Banal na Kasulatan)
3. kahangalan ng masama (i.e., sa walang katarungan at nalugmok na mundo)

**119:152 "nang una"** Ito ay maaaring tumukoy sa

1. ang sinaunang pagkilos ng Diyos (cf. Awit 24:2; 78:69; 89:11; 102:25; 104:5) at mga kapahayagan sa mga Patriyarka
2. ang mahabang kasaysayan ng salmista pag-alam at pagtitiwala sa Diyos at Kaniyang kapahayagan

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:153-160 (*Resh*)**

**153 Pakundanganan mo ang aking kadalamhatian at iligtas mo ako;**
**sapagkat hindi ko kinalilimutan ang iyong kautusan.**
**154 Ipaglaban mo ang aking usap, at iligtas mo ako:**
**buhayin mo ako ayon sa iyong salita.**
**155 Kaligtasan ay malayo sa masama;**
**sapagkat hindi nila hinahanap ang mga palatuntunan mo.**
**156 Dakila ang mga malumanay mong kaawaan, Oh Panginoon:**
**buhayin mo ako ayon sa iyong mga kahatulan.**
**157 Marami ang mga manguusig sa akin at mga kaaway ko;**
**gayon ma'y hindi ako humiwalay sa iyong mga patotoo.**
**158 Aking namasdan ang mga magdarayang manggagawa at ako ay namanglaw;**
**sapagkat hindi nila sinusunod ang salita mo.**
**159 Dilidilihin mo kung gaano iniibig ko ang mga utos mo:**
**buhayin mo ako, Oh Panginoon, ayon sa iyong kagandahang-loob.**
**160 Ang kabuoan ng iyong salita ay katotohanan;**
**at bawat isa ng iyong matutuwid na kahatulan ay magpakailan man.**

**119:153-160** Mayroong kalipunan (8) ng PAUTOS na mga kahilingan sa panalangin batay sa katangian ng Diyos (cf. Awit 119:156a) at ang pagsunod ng salmista sa Kaniyang kapahayagan. Ito diwa ng kasunduan (tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan).

1-2. pakundunganan, Awit 119:153,159 – BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS
3. iligtas ako, Awit 119:153 – BDB 322, KB 321, *Piel* PAUTOS
4. ipaglaban ang aking usap, Awit 119:154 – BDB 936, KB 1224, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 35:23-24; 43:1
5. iligtas ako, Awit 119:154 – BDB 322, KB 321, *Piel* PAUTOS
6-8. buhayin ako, Awit 119:154,156,159 – BDB 310, KB 309, *Piel* MGA PAUTOS

**119:153 "aking kadalamhatian"** Ang tumpak na kalikasan ng kadalamhatian ay hindi ipinahayag ngunit mayroong dalawang pangunahing posibilidad.

1. ipinadala ng Diyos ang mga suliranin at mga kaaway (cf. Awit 119:67,71)
2. personal na mga kaaway (ito ay pinakaumaakma sa kontekstong ito)
   a. ang masama, Awit 119:155
   b. hindi nila hinahanap ang mga palatuntunan mo, Awit 119:155
   c. mga mang-uusig sa akin, Awit 119:157
   d. aking mga kaaway, Awit 119:157
   e. ang magdarayang manggagawa, Awit 119:158
   f. silang hindi iniingatan ang kapahayagan ng Diyos, Awit 119:158

▣ **"sapagkat hindi ko kinalilimutan ang Iyong kautusan"** Tandaang ang mga Awit ay isinulat sa loob ng teolohikong saklaw ng Mosaikong kasunduan batay sa pagsasakatuparan (cf. Awit 119:154b, 156b,159b). Ang salmista ay pinapatingkad ang kaniyang katapatan.

1. hindi kinalimutan ang Iyong kautusan, Awit 119:143, cf. Awit 119:83,109,141
2. hindi nila hinahanap ang Iyong mga palatuntunan ngunit hinahanap ko (pinahiwatig), Awit 119:155
3. hindi ako humiwalay mula sa Iyong mga patotoo, Awit 119:157
4. hindi nila iniingatan ang Iyong salita, ngunit iniingatan ko (pinahiwatig), Awit 119:158
5. iniibig ko ang iyong mga tuntunin, Awit 119:159

**119:154 "Ipaglaban mo ang aking usap"** Ito ay isang panghukumang salita. Isang araw, lahat ng may kamalayang buhay (maka-anghel at tao) ay tatayo sa harapan ng Diyos upang mabigay ng pagsusulit sa kaloob na buhay (cf. Mateo 25:31-46; 2 taga-Corinto 5:10; Pahayag 20:11-15). Ang taga-Roma 8:31-39 ay tinatala ang paglalarawan.

1. Diyos bilang Hukom
2. Satanas bilang umuusig na mananangol
3. si Hesus bilang mananangol para sa matapat na mga taga-sunod
4. mga anghel bilang mga manonood (cf. 1 taga-Corinto 4:9; taga-Efeso 2:7; 3:10)

Ang pariralang ito ay tumutukoy din kay YHWH bilang isang "taga-tubos na kamag-anak" na magtatanggol sa kapakanan ng isang kamag-anak (cf. Levitico 25:23-28; Ruth 3; Job 19:23-27; Kawikaan 23:11; Jeremias 50:34; 51:36; Panaghoy 3:58).

**119:155 "kaligtasan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan (OT).

**119:156-157** Pansinin ang dalawang mga salita mula sa katulad na ugat (BDB 912 I), "dakila," Awit 119:156 at "marami," Awit 119:157.

Mayroong maraming kaaway (cf. Awit 119:157) ngunit mayroon ding isang dakilang Diyos (Awit 119:156). Ang katulad na katotohanan ay ipinahag sa 1 Pedro kung saan ang salita (ibang anyo) ay inilalarawan

1. iba't-ibang tuksa, 1 Pedro 1:6
2. maraming biyaya ng Diyos, 1 Pedro 4:10

**119:159 "ko. . .mamanglaw sa kanila"** Ito ay tila nakakasakit sa mga mananampalataya ng NT. Ngunit tandaang ito ang Mosaikong kasunduan. Ang mga damdaming pantao ay kadalasang inihahayag sa mabalis na paglalarawan. Ang pag-ibig ng salmista para sa Diyos at Kaniyang salita ay nagdudulot sa kaniya na gumanti nang mapusok (cf. Awit 139:21) sa kanila na

1. itinatanggi ito
2. tinatanggap ang mga piniling bahagi nito
3. nagbabalat-kayo

Ang Diyos mismo ay inihayag ang Kaniyang sariling saloobin (cf. Awit 95:10) tungo sa kanilang itinatanggi ang Kaniyang kapahayagan sa Levitico 26 at Deuteronomio 27-30. Sa sinumang binigyan ng marami, marami ang hihingin (cf. Lucas 12:48). Ang mga kaaway ng salmista ay tila mga kasamang Israelita.

**119:160** Walang PANDIWA sa alatang ito. Ang NASB ay nagbibigay ng dalawang "maging" na MGA PANDIWA.

▣ **"Ang kabuoan"** Ito ay nangangahulugang "ang buo," na bumubuo ng isang mas mabuting pagkakaagapay sa susunod na linya ng panulaan kaysa "diwa."

▣ **"katotohanan"** Ito ay hindi katotohanan laban sa kasinungalingan ngunit katapatan laban sa kawalang-pananampalataya. Ang salita ng Diyos ang tumpak na kasalungat ng nalugmok na salita ng sangkatauhan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa

OT.

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

▣ **"matuwid"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:161-168 (*Shin*)**
**161 Inusig ako ng mga pangulo ng walang kadahilanan;**
**ngunit ang puso ko'y nanginginig sa iyong mga salita.**
**162 Ako ay nagagalak sa iyong salita,**
**na parang nakakasumpong ng malaking samsam.**
**163 Aking pinagtataniman at kinasusuklaman ang pagsisinungaling;**
**ngunit ang kautusan mo ay aking iniibig.**
**164 Makapito sa isang araw na pumupuri ako sa iyo,**
**dahil sa iyong matutuwid na kahatulan.**
**165 Dakilang kapayapaan ang tinatamo nila na nagsisiibig ng iyong kautusan.**
**At sila ay walang kadahilanang ikatitisod.**
**166 Ako ay umasa sa iyong pagliligtas, Oh Panginoon.**
**At ginawa ko ang mga utos mo.**
**167 Sinunod ng aking kaluluwa ang mga patotoo mo;**
**at iniibig kong mainam,**
**168 Aking tinupad ang iyong mga tuntunin at ang iyong mga patotoo;**
**sapagkat lahat ng aking lakad ay nasa harap mo.**

**119:161-168** Ang talatang ito ay ipinakilala ng GANAP MGA PANDIWA na nagpapahayag ng lubos, natapos, naisakatuparan na pagkilos. Ang salmista ay asserting what siya ay may become dahil ng Diyos at Kaniyang kapahayagan.

1. puso ko ay nanginginig sa iyong mga salita, Awit 119:161b, cf. Awit 119:120
2. ako ay nagagalak sa iyong salita, Awit 119:162a
3. aking pinagtataniman at kinasusuklaman ang pagsisinungaling, Awit 119:163a, cf. Awit 119:104,118; Kawikaan 13:5
4. ang kautusan mo ay aking iniibig, Awit 119:163b
5. makapito sa isang araw na pumupri ako sa iyo, Awit 119:164a
6. silang nagsisiibig (i.e., kabilang ang salmista) sa iyong kautusan, Awit 119:165a
7. ako ay umaasa sa iyong kaligtasan, Awit 119:166a
8. ginawa ko ang mga utos mo, Awit 119:166b
9. sinunod ng aking kaluluwa ang mga patotoo mo, Awit 119:167a
10. iniibig ko ang iyong mga patotoo, Awit 119:167b
11. aking tinutupad ang iyong mga tuntunin at mga patotoo, Awit 119:168a
12. lahat ng aking lakad ay nasa harap mo, Awit 119:168b

**119:161a** Ang terminong "mga pangulo" (BDB 978) ay may isang malawak na semantikong pagkagamit na sumasaklaw sa sibil, pantribo, at pang-relihiyong mga pinuno (cf. Awit 119:23). Ang may-akda ng Awit 119 ay wala sa panlipunang kauriang ito at kadalasang pinagmamalupitan ng nasa kapangyarihan.

**119:161b** Nakakagulat ito na linya ng panulaan ay nagpapahayag ng isang nakakatakot na paghanga sa kapahayagan ng Diyos, at ang susunod na linya ay nagpapahayag ng kagalakan dito. Gayunman, kapwa mga damdaming ito ay totoo sa Banal na Kasulatan. Ito ay nagdudulot sa nalugmok na sangkatauhan nga pagkatakot, pag-asa, kapayapaan, at kaligayahan!

Ang JPSOA ay isinasaling ang "nanginginig ang puso" (BDB 808, KB 922, *Qal* GANAP) bilang

"aking puso ay kinikilig sa Iyong salita" upang bumuo ng isang pagkakaagapay sa Awit 119:162a.

**119:162b** Ang kayamanan ay hindi kasama ng mga pisikal na bagay ngunit kasama ng isang kaalaman ng kapahayagan ng Diyos at isang maluwag sa kalooban na pagkilos dito!

**119:163 "pitong beses"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Simbolikong mga Bilang sa Banal na Kasulatan.

**119:165** Ang talatang ito ay nagkakaloob dalawang tiyak na pakinabang sa pag-ibig ng kapahayagan ng Diyos.

1. dakilang kapayapaan (tingnan ang Natatanging Paksa: Kapayapaan [*shalom*])
2. walang kadahilanang ikatitisod (BDB 506)

Isa pang paraan upang ipahayag ang katulad na katotohanang ito ay matatagpuan sa Kawikaan 3:1-12,13-26, na ginagamitan ng paglalarawan ng pagtuturo at karunungan ng ama! Ang pagkakilala at pagsunod sa Diyos ay nagdudulot ng mga pakinabang sa buhay na ito at pagkatapos!

Tandaan, ang salitang "ikakatisod" (BDB 506) ay isang wikaing nauugnay sa konsepto ng kapahayagan ng Diyos bilang isang maliwanag na tinakdaan, makinis, matuwid, at walang sagabal na landas (Awit 119:105; Kawikaan 6:23).

**119:166** Ang pag-asa ng talatang ito ay kaagapay ng "pinanabikan" ng Awit 119:174. Ang pagpapalaya ng Diyos ay panghinaharap ngunit tiyak! Gagawin Niya ang Kaniyang ipinangako (isahan at pangkalahatan).

**119:167 "sinunod"** Ang pagsunod ay napakahalaga kapwa sa OT at NT. Ang Bagong Kasunduan (ebanghelyo ng NT) ng Jeremias 31:31-34 ay binago ang pamamaraan ngunit hindi ang layunin. Ninanais ng Diyos ang isang bayan na nagpapakilala ng Kaniyang katangian sa mga bansa na sila ay maaaring lumapit sa Kaniya at maligtas! Tingnan ang Natatanging Paksa: Iingatan.

Ang PANDIWA (BDB 1036, KB 1581, *Qal* GANAP) ay inulit sa Awit 119:168 para sa pagbibigay-diin!

**119:168b** Ang katulad na katotohanan ay ang diwa ng Awit 139. Lubusang nalalaman ng Diyos ang puso at isipan ng bawat Kaniyang natatanging mga nilalang (i.e., mga tao, cf. 1 Samuel 16:7; 1 Mga Hari 8:39; 1 Cronica 28:9; Awit 7:9; 17:3; 66:10; Jeremias 11:20; 17:10; 20:12; Lucas 16:15; Mga Gawa 1:24).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 119:169-176 (*Tav*)**

**169 Dumating nawa sa harap mo ang aking daing, Oh Panginoon:**
**bigyan mo ako ng unawa ayon sa iyong salita.**
**170 Dumating nawa sa harap mo ang aking pamanhik:**
**iligtas mo ako ayon sa iyong salita.**
**171 Tulutang magbadya ng pagpuri ang aking mga labi;**
**sapagkat itinuturo mo sa akin ang iyong mga palatuntunan.**
**172 Awitin ng aking dila ang iyong salita;**
**sapagkat lahat ng mga utos mo ay katuwiran.**
**173 Magsihanda nawa ang iyong kamay na tulungan ako;**
**sapagkat aking pinili ang iyong mga tuntunin.**
**174 Aking pinanabikan ang iyong pagliligtas, Oh Panginoon:**
**at ang iyong kautusan ay aking kaaliwan.**
**175 Mabuhay nawa ang aking kaluluwa, at pupuri sa iyo;**
**at tulungan nawa ako ng iyong mga kahatulan.**
**176 Ako ay naligaw na parang tupang nawala; hanapin mo ang iyong lingkod;**

**sapagkat hindi ko kinalilimutan ang iyong mga utos.**

**119:169-176** Ang huling istropa ay ipinakilala ng MGA PANGKAUTUSAN, tatlong sa kanila ay sinusundan ng MGA PAUTOS (Awit 119:169,170,176).

1. dumating nawa sa harap mo ang aking daing, Awit 119:169a – BDB 897, KB 1132, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
2. bigyan ako ng pagkaunawa, Awit 119:169b – BDB 106, KB 122, *Hiphil* PAUTOS
3. dumating nawa sa harap mo aking pamanhik, Awit 119:170a – BDB 97, KB 112, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan; pansinin ang pagkakaagapay sa pagitan ng Awit 119:169 at 170a
4. iligtas ako, Awit 119:170b – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS
5. tulutang magbadya ng pagpuri ang aking mga labi, Awit 119:171a – BDB 615, KB 665, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
6. awitin ng aking dila, Awit 119:172a – BDB 777, KB 854, *Qal* PANGKAUTUSAN
7. maghanda ang iyong kamay na tulungan ako, Awit 119:173a – BDB 224, KB 243, *Qal* PANGKAUTUSAN
8. mabuhay nawa ang aking kaluluwa, Awit 119:175a – BDB 310, KB 309, *Qal* PANGKAUTUSAN
9. magpupuri sa iyo, Awit 119:175a – BDB 237, KB 248, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
10. tulungan nawa ako ng iyong kahatulan, Awit 119:175b – BDB 740, KB 810, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
11. hanapin ang iyong lingkod, Awit 119:176a – BDB 134, KB 152, *Piel* PAUTOS

Ang Awit ay nagwawakas sa isang kalabisan ng mga kahilingan sa panalangin!

**119:171-173** Pansinin kung paanong ang pangalawang linya ng bawat talata ay ipinapaliwanag ang dahilan para sa kahilingan.

**119:176a** Ang paglalarawang ito ng bayan ng Diyos bilang masuwaying tupa ay matatagpuan din sa Isaias 53:6; Jeremias 50:6; Ezekiel 34:2- 19; Zacarias 10:2-3. Ito ay kung saan ang paglalarawan ng

1. Diyos bilang Pastol – Awit 23; Ezekiel 34
2. Mesias bilang Pastol – Zacarias 10-11; Juan 10:1-18

ay nakaugat. Ang mga tupa ay kailangan ng palagian, personal, pananggol na pagkalinga!

Ang PAUTOS ng Awit 119:176b ay nagpapaalala ng Mateo 18:12-14 at Lucas 15:4-7. “Hinahanap” ng Diyos ang nawawalang tupa! Hallelujah!

# AWIT 120

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Pagpapalaya sa Manlilinglang<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon<br>120:1-4<br><br>120:5-7 | Pakiusap sa Pagpapalaya mula sa mga Mapait na Kaaway<br><br>120:1-2<br>120:3-4<br>120:5-7 | Panalangin mula sa Pagkakatapon para sa Pagpapalaya mula sa Mga Kaaway<br>(Isang Panaghoy)<br><br>120:1-2<br>120:3-4<br>120:5-7 | Panalangin sa Paghingi ng Tulong<br><br>120:1-2<br>120:3-4<br>120:5-7 | Ang mga Kaaway ng Kapayapaan<br><br>120:1-2<br>120:3-4<br>120:5<br>120:6-7 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 120:1-4**

**1 Sa aking kahirapan ay dumaing ako sa Panginoon,**
**at sinagot niya ako.**
**2 Iligtas mo ang aking kaluluwa, Oh Panginoon, sa mga sinungaling na labi,**
**at mula sa magdarayang dila.**
**3 Anong maibibigay sa iyo, at anong magagawa pa sa iyo,**
**ikaw na magdarayang dila?**
**4 Mga hasang pana ng makapangyarihan,**
**at mga baga ng enebro.**

**120:1 "Sa aking kahirapan"** Ang tiyak na kahirapan (BDB 865 I, PAMBABAENG PANGNGALAN) ay hindi inihahayag ngunit ito sa anumang paraan ay nauugnay sa

1. mga sinungaling na labi, Awit 120:2a
2. mandarayang dila, Awit 120:2b,3b

Ang pinagmulang ugat ng kaugnay na PANDIWA (BDB 864) ay nagpapakilala ng pagtali o pagpigil. Ginamit na patalinghaga sa isang bagay na makipot, mahigpit, o sa isang masikip na lugar. Ang katulad na ugat ay ginamit sa isang nagpapahirap o kaaway (BDB 865 III).

Ang konseptong ito ng "pagbabawal" ay kasalungat ng Hebreong paglalarawan ng kaluwagan, pagkakalantad, at kalayaan.

▣ **"dumaing ako sa Panginoon"** Sa panahon ng pagkabahala ang matapat na mga taga-sunod ay bumabaling kay YHWH sa panalangin at Siya ay nakikinig (ang MGA PANDIWA ay nagpapakilala ng isang nakalipas na pangyayari). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mabisang Panalangin.

Ang pangalan para sa pagka-Diyos ay YHWH, ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos ng Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

**120:2 "Iligtas ang aking kaluluwa"** Ang PANDIWA (BDB 664, KB 717) ay isang *Hiphil* PAUTOS. Ito ay nagpapakilala isang marubdob na panalangin. Ang saligang kahulugan ng ugat na ito sa *Hiphil* ay "agawin," tulad ng dinagit mula sa bibig ng mandaragit. Ang terminong "kaluluwa" (BDB 659) ay *nephesh*, ay nagpapakilala isang buhay pwersa. Tingnan ang buong tala sa internet sa Genesis 35:18.

▣ **"sinungaling na labi…magdarayang dila"** Ang mga ito ay isang Hebreong kasingkahulugang pagkakaagapay na ugnayan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Hebreong Panulaan.

**120:3** Ang salmista ay nagpapahayag nang tuwiran sa kaniyang mga katunggali. Siya ay nagpapahayag kay YHWH na ipagkaloob sa kanila ang nararapat sa kanila (AB, p. 196; UBS *Handbook*, p. 1048).

**120:4** Ang paglalarawan ng Awit 120:4 ay tugon sa katanungan ng Awit 120:3. Ito ang paraan kung paano tutugon si YHWH sa "mga sinungaling na labi" (cf. Awit 7:13).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 120:5-7**

**5Sa aba ko, na nakikipamayan sa Mesech,**
**na tumatahan ako sa mga tolda sa Kedar!**
**6Malaon ng tinatahanan ng aking kaluluwa**
**na kasama niyang nagtatanim sa kapayapaan.**
**7Ako ay sa kapayapaan: ngunit pagka ako ay nagsasalita,**
**sila ay sa pakikidigma.**

**120:5 "Meshech. . .Kedar"** Ang mga ito ay tila mga halimbawa ng pagsasamantala (cf. Ezekiel 27:13,21). Maaaring ang salmista ay pinaparatangan ang kaniyang mga kaaway na marahas, mga makasalanang katangian ng mga pambansang pangkat.

Ang ibang opsyon ay makita ang mga ito bilang mga heograprikong kasalungat, ang isa na nasa dulong hilaga, ang isa pa sa timog. Kung magkagayon, ngayon ito ay paglalarawan ng

1. "palayin mo ako mula sa mga taong ito ng pagkagalit"
2. "pahintulutan mo nawa akong huwag lubhang lumayo sa templo"

**120:6-7** Pinapahiwatig nito ang mga aatake sa salmista bilang mga pampulitikong kaaway na nagnaais ng panghukbong tunggalian.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang lulusob sa salmista?
2. Ipaliwanag ang paglalarawan ng Awit 120:4.
3. Bakit nabanggit ang dalawang etnikong pangkat sa Awit 120:5?
4. Paano ipapaliwanag o bibigyang-kahulugan ng Awit 120:6 at 7 ang maaaring pangkasaysayang kalalagayan?

# AWIT 121

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Panginoon ang Taga-pag-ingat ng Israel<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon | Diyos ang Tulong ng Naghahanap sa Kaniya | Isang Liturhiya ng Pagpa-pala | Ang Panginoon ang Ating Tagapagtanggol | Ang Tagapag-alaga ng Israel |
| 121:1-4 | 121:1-2 | 121:1-2 | 121:1-2 | 121:1-2 |
| | 121:3-4 | 121:3-4 | 121:3 | 121:3-4 |
| | | | 121:4-6 | |
| 121:5-8 | 121:5-6 | 121:5-6 | | 121:5-6 |
| | 121:7-8 | 121:7-8 | 121:7-8 | 121:7-8 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 121:1-4**
**1 Ititingin ko ang aking mga mata sa mga bundok;**
**saan baga manggagaling ang aking saklolo?**
**2 Ang saklolo sa akin ay nanggagaling sa Panginoon,**
**na gumawa ng langit at lupa.**
**3 Hindi niya titiising ang paa mo ay makilos:**
**siyang nagiingat sa iyo, ay hindi iidlip.**
**4 Narito, siyang nagiingat ng Israel**
**hindi iidlip ni matutulog man.**

**121:1-8** Ang lahat ng MGA PANDIWA ay MGA DI-GANAP. Sila ay nagpapakilala ng nagpapatuloy at

palagiang pagkalinga at proteksyon ng Diyos.

Mayroong posibilidad, depende sa kung ilan ang mga tagapagsalita na nasa Awit na ito, na sa Awit 121:3 ang MGA DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (i.e., mga kahilingan sa panalangin, NJB, NET).

**121:1 "Ititingin ko ang aking mga mata"** Ito ay paglalarawan na naglalarawan kung paano nagtitiwala ang isang tao (cf. Awit 123:1; 141:8).

▣ **"sa mga bundok"** Pansinin na ito ay PANGMARAMIHAN, na maaaring nagpapakilala ng

1. paglalang, cf. Awit 87:1
2. ang templo sa Bundok Moriah (i.e., PANGMARAMIHAN NG PAGKAMAHARLIKA, tingnan ang Natatanging Paksa: Moriah)
3. paglalarawan ng kalakasan, katatagan, at kahabaan ng buhay
4. pagkalinga (cf. Awit 125:1-2)
5. kung ang panimula sa MT, "mga awit ng pag-ahon" ay nangangahulugang mga awit ng manlalakbay sa daan sa Herusalem, samakatuwid, ang makita ang mga burol ng Judah ay nangangahulugang sila ay malapit sa templo
6. ito ay maaaring mangahulugang isang kasalungat sa pagsamba kay *Ba'al* na ginagawa sa matatas na lugar (cf. 2 Mga Hari 23:4-14). Ang ilang ay tumitingin sa mga diyos ng pagpapayabong ngunit ang matapat na mga taga-sunod tumitingin kay YHWH lamang. Tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo.

▣ **"saan baga manggagaling ang aking saklolo"** Ginagawang maliwanag ng Awit 121:2 na ang tulong ay hindi isang pisikal na bundok ngunit ang Diyos ng paglalang (cf. Awit 121:2) at kasunduan (cf. Awit 121:4).

**121:2 "ang Panginoon"** Ito ay ang pangkasunduang pangalan para sa pagka-Diyos—YHWH. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣ **"na gumawa ng langit at lupa"** Ito ay tumutukoy sa pisikal na paglalang ng planetang ito (cf. Awit 102:25; 115:15; 124:8; 134:3; 146:6). Ito ay isang pagkabanggit sa Genesis 1.

Pansinin kung paano isinalarawan si YHWH.

1. Manlilikha, Awit 121:2
2. Tagapagbigay-lakas, Awit 121:3a,51
    a. indibidwal, cf. Awit 121:7b,8
    b. pangkalahatan, cf. Awit 121:4
3. maingat na tagapagmasid, Awit 121:3b
4. lilim, Awit 121:5-6 (tingnan ang Natatanging Paksa: Anino bilang isang Talinghaga para sa Pagkalinga at Pangangalaga)
5. palagiang pag-iingat (ang PANDIWA, BDB 1036, KB 1581, ay ginamit sa Awit 121:3,4,5,7 [dalawang beses], at 8).

**121:3 "paa ay makilos"** Ito ay karaniwang Hebreong paglalarawan na

1. nagpapahayag ng isang maka-Diyos na buhay bilang isang malinaw, matuwid, pantay na lansangan/landas/daan (cf. Awit 139:24)
2. nagpapahayag ng kasamaan bilang isang paglihis mula sa maliwanag na tinakdaang (i.e., kapahayagan) landas ng Diyos o isang sagabal sa landas

▣ **"ay hindi iidlip"** Ang Diyos ay palaging pinapanood ang

1. Kaniyang paglalang

2. Kaniyang bayan

Hindi tulad ni *Ba'al*, na natutulog, cf. 1 Mga Hari 18:27; Ezekiel 6:13; 18:6,12,15. Maaaring "pag-idlip" ay isang talinghaga para sa kawalang pagkilos ni YHWH (cf. Awit 7:6; 44:23; 73:20; 78:65). Gayunman, sa Kaniyang panahon Siya ay kumikilos para sa Kaniyang bayan. Inuulit ng Awit 121:4 ang katulad na katotohanan sa isang panglahat na kaunawaan. Ang Diyos ay may isang plano para sa Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 121:5-8**

**5 Ang Panginoon ay tagapagingat sa iyo:**
**ang Panginoon ay lilim mo sa iyong kanan.**
**6 Hindi ka sasaktan ng araw sa araw,**
**ni ng buwan man sa gabi.**
**7 Iingatan ka ng Panginoon sa lahat ng kasamaan;**
**kaniyang iingatan ang iyong kaluluwa.**
**8 Iingatan ng Panginoon ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok,**
**mula sa panahong ito at sa magpakailan pa man.**

**121:6** Ito ay paglalarawan para sa

1. panghukbong paglusob
2. paglusob ng demonyo (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Demonyo sa OT)

Pansinin ang pariralang "iingatan ka mula sa lahat ng evil" sa Awit 121:7a. Ito ay may katiyakan na maaaring ang pariralang ito ay isang Hebreong wikain para sa lahat ng mga suliranin.

**121:7 "kaniyang iingatan ang iyong kaluluwa"** Anong isang kagilagilalas na pangako ng indibidwal pagkalinga at pangangalaga! Siya ay "kasama" at "para sa" matapat na mga taga-sunod. Hindi tayo nag-iisa at ang buhay natin ay may layunin!

**121:8a** Ito ay Hebreong paglalarawan para sa mapagmasid na pagkalinga ng Diyos sa lahat ng buhay ng Kaniyang matapat na mga taga-sunod (cf. Deuteronomio 28:6; 139:1-6).

Pansinin ang karaniwang Hebreong paraan sa paggamit ng dalawang magkasalungat bilang isang daan upang isama ang lahat.

1. kalangitan – mundo, Awit 121:2
2. araw – buwan, Awit 121:6
3. loob – labas, Awit 121:8

**121:8b** Mayroong tiyak na sangkap ng kawalang-hanggan sa talatang ito, gaya ng sa Awit 23:6. Ang kabilang buhay ay nakakubli sa OT ngunit ang progresibong kapahayagan ng NT ay binibigyang-liwanag ang katotohanan!

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan

ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sa anong bundok o mga bundok ang tinutukoy ng Awit 121:1?
2. Bakit nabanggit ang Diyos bilang manlilikha sa Awit na ito?
3. Ipaliwanag ang paglalarawan sa OT ng Awit 121:3a.
4. Bakit dinala ang Israel sa Awit na ito sa Awit 121:4? Paano maiaangkop ang panglahat na aspeto ng pangangalaga at pagkalinga?
5. Ipaliwanag ang paglalarawan ng "lilim" sa Awit 121:5b
6. Ano ang tinutukoy sa "lahat ng kasamaan" ng Awit 121:7a?
7. Mayroon bang sanggunian sa kabilang buhay sa Awit 121:8b?

# AWIT 122

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Kapayapaan ng Herusalem<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon, ni David | Ang Ligaya ng Pagpunta sa Bahay ng Panginoon | Awit ng Pagpuri sa Sion bilang Layunin ng Paglalakbay | Sa Pagpuri ng Herusalem | Batiin, Herusalem |
| 122:1-5 | 122:1-2 | 122:1-2 | 122:1-2 | 122:1-2 |
| | 122:3-5 | 122:3-5 | 122:3-5 | 122:3-5 |
| 122:6-9 | 122:6-9 | 122:6-9 | 122:6-9 | 133:6-7 |
| | | | | 122:8-9 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 122:1-5**
**[1]Ako ay natutuwa nang kanilang sabihin sa akin,**
**tayo ay magsiparoon sa bahay ng Panginoon.**
**[2]Ang mga paa natin ay nagsisitayo**
**sa loob ng iyong mga pintuang-bayan, Oh Herusalem;**
**[3]Herusalem, na natayo**
**na parang bayang siksikan:**
**[4]Na inaahon ng mga lipi, sa makatuwid baga ay ng mga lipi ng Panginoon,**
**na kautusan sa Israel, upang magpasalamat sa pangalan ng Panginoon.**
**[5]Sapagkat doon ay nalagay ang mga luklukan na ukol sa kahatulan,**
**ang mga luklukan ng sangbahayan ni David.**

**122:1 "kanilang sabihin sa akin"** Ang Awit na ito ay inilalarawan isang paglalakbay sa templo,

maaaring sa isang taunang kapistahan (cf. Awit 122:4; Levitico 23) o natatanging itinawag na pangyayari.

Ang "sila" ay tumutukoy sa

1. mga kasamang manlalakbay na nandoon na sa daan patungong Herusalem
2. mga lokal na Levita na tumatanggap ng mga manlalakbay sa Herusalem
3. liturhikong paglalarawan

Ang Herusalem ay ang "natatanging dako" na pinananahanan ng Diyos sa panahon ng Nagkakaisang Kaharian at Nahating Kaharian. Pagkatapos ng pagpapatapon sa Babilonya at ang mga Hudyo ay pinahintulutang bumalik (i.e., ang kautusan ni Cyrus, 538 B.C.), ito ay naging mas mahalaga na ipanumbalik ng mga Israelita.

**122:2** Ang paglalarawan ng "mga paa" o "paglalakad" ay bahagi ng ang teolohikong wika ng isang maka-Diyos na buhay. Ang kalooban ng Diyos ay isang maliwanag na inihayag na landas. Ang pangwakas na layunin ay pagdating sa harapan ng Diyos sa templo. Ito rin ay umiiral para sa dulo-ng-buhay na pagsasama sa Diyos (cf. Job 14:13-17; Awit 23:4-6).

▣ **"Herusalem"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Moriah, Salem, Jebus, Herusalem, Sion.

**122:3** Ito ay isang di-karaniwan talata. Mahirap malaman nang tiyakan kung ano ang ipihapahayag o pinupuri. Ang PANDIWA (BDB 287, KB 287, *Pual* GANAP) na talagang ginamit sa pagdudugtong ng mga bagay. Sa *Pual* ito ay nagpapakilala

1. mga tabing ng tabernakulo – Exodo 28:7
2. mabili na naitayong mga pader ng Herusalem pagkatapos ng pagpapatapon– Nehemiah 4:6
3. mga kaanib – Awit 94:20
4. mga taong magkakasamang naninirahan – Ecclesiastes 9:4

Dito, ito ay tila nagpapakilala ng isang mahusay na pagkakagawa at mahusay na pagkakakabit na plano ng lungsod.

**122:4** Sa Deuteronomio, tinuturuan ni Moises ang Israel na pumunta sa isang tiyak na dako ng pagsamba kay YHWH (e.g., Deuteronomio 16:16). Ang talatang ito ay pagkabanggit sa mga taunang pagsambang pagtitipon (cf. Levitico 23).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kautusan"** |
| **NKJV, LXX, Peshitta** | **"pinaka-patotoo"** |
| **NRSV** | **"ay inutos"** |
| **TEV** | **"utos"** |
| **NJB** | **"isang tanda"** |
| **JPSOA** | **"ay hinihimok"** |
| **REB** | **"ang tungkulin"** |

Ang PAMBABAENG PANGNGALAN (BDB 730) ay kadalasang isinalin na "patotoo." Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino na Ginamit para sa Kapahayagan ng Diyos.

Ito ay nakakawili na ang DSS na kasulatan ay may "ang komunidad ng Israel" sa halip na PANGNGALANG PARIRALA. Ang ilang mga tagapagsalin ay ipinagpapalalagay na ang Awit 122:3b ay tumutukoy din sa isang komunidad ng "mga nagkakaisang tao."

▣ **"Israel"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Israel (ang pangalan).

▣ **"upang magpasalamat"** Ito ay tumutukoy sa

1. liturhiya

2. handog (alay)

▣ **"ang pangalan ng Panginoon"** Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

Sa Awit 122:4c, ang buong pangkasunduang pangalan—YHWH (BDB 217) ay ginamit, ngunit pagdadaglat—YH (BDB 219) ay na ginamit sa 122:4a.

**122:5** Ang "luklukan" ay nagpapakilala ng
1. mga legal na kapasyahan – Deuteronomio 17:8
2. pagiging-hari – Awit 89:4,29,36; 132:12

Ang pangako ng Diyos kay David tungkol sa kaniyang mga supling ay matatagpuan sa 2 Samuel 7 at ang pang-Mesias na aspeto sa Isaias 9; 11; Mikas 5. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 122:6-9**

**6 Idalangin ninyo ang kapayapaan ng Herusalem:**
**sila ay magsisiginhawa na nagsisiibig sa iyo.**
**7 Kapayapaan nawa ang sumaloob ng inyong mga kuta,**
**at kaginhawahan sa loob ng iyong mga palasio.**
**8 Dahil sa aking mga kapatid at aking mga kasama,**
**aking sasabihin ngayon, kapayapaan ang sumaiyong loob.**
**9 Dahil sa bahay ng Panginoon nating Diyos.**
**Hahanapin ko ang iyong buti.**

**122:6-9** Ang istropang ito ay nagpapakilala isang pagtawag sa panalangin.
1. *Qal* PAUTOS – Awit 122:6a
2. dalawang MGA PANGKAUTUSAN – Awit 122:6b,7a
3. dalawang MGA PANG-PANGKAT – Awit 122:8b,9b

Dahil ang Herusalem ay kabisera ng Kaharian ni David at ang palagiang lugar ng templo, ito ay naging isang natatanging dako ng pagbibigay-diin sa OT.

Gayunman, sa aking palagay, ang NT ay ginawang panlahat ang pambansang mga pangako sa Israel na kasama ang lahat ng sangkatauhan. Ang pagtuon ng biblikal na pananampalataya ay hindi na templo ng Herusalem ngunit ang bago at nakakahigit na templo ni Hesus (tingnan ang aklat ng Hebreo). Wala kay Hesus o sinumang Apostol ay muling pinahayag ang pambansa, heograpikong mga pangako sa Israel. Alam kong ito ay naiiba sa kung ano ang iyong nabasa/narinig mula sa maraming may-akda/mga mangangaral, mga seminaryo. Siyasatin ang mga sumusunod na natatanging mga paksa bago mo itanggi ang teolohikong panindigang ito.
1. Natatanging Paksa: Bakit kaya Tila Lubhang Magkaib ang mga Pangkasunduang Pangako ng OT sa Pangkasunduang mga Pangako ng NT?
2. Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH

**122:6 "kapayapaan"** Ang terminong (tingnan ang Natatanging Paksa: Kapayapaan [*shalom*]), "kapayapaan" (BDB 1022) ay bumubuo sa bahagi ng pangalang "Herusalem." Tandaang ang dako ng templo ay Bundok Moriah (cf. Genesis 22). Sa Genesis 14, ito ay tinawag na "Salem." Ang mga ito mga paglalaro sa salita ay hindi gaanong etimolohiko gaya ng paglalaro ng tunog sa Hebreo, ngunit ang mga salita ay hindi Hebreo.

Pansinin ang bilang ng mga paglalaro ng tunog sa Awit 122:6.
1. idalangin –שׁאל (BDB 981, KB 1371)
2. kapayapaan –שׁלום (BDB 1022)
3. Herusalem –ירושׁלם (BDB 436)
4. magsiginhawa –שׁלה (BDB 1017, KB 1503)

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sa anong yugto kasaysayan ng Israel nauuganay ang Awit na ito?
2. Paano maiuugnay ang Awit 122:5 sa 2 Samuel 7?
3. Dapat pa rin bang manalangin ang mga Kristiyano para sa kapayapaan at kasaganahan ng Herusalem?

# AWIT 123

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Paghingi ng Tulong sa Panginoon<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon | Panalangin sa Pagpapalaya mula sa Paglapastangan | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa Mga Kaaway<br>(Isang Panaghoy) | Panalangin sa Kahabagan | Panalangin sa Pagkabalisa |
| 123:1-2 | 123:1-2 | 123:1-2 | 123:1-2 | 123:1-2b |
| | | | | 123:2c-f |
| 123:3-4 | 123:3-4 | 123:3-4 | 123:3-4 | 123:3-4b |
| | | | | 123:4c |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 123:1-2**
**1Sa iyo'y aking itinitingin ang mga mata ko,**
**Oh sa iyo na nauupo sa mga langit.**
**2Narito, kung paanong tumitingin ang mata ng mga alipin sa kamay ng kanilang panginoon,**
**kung paano ang mga mata ng alilang babae sa kamay ng kaniyang panginoong babae;**
**gayon tumitingin ang mga mata namin sa Panginoon naming Diyos,**
**hanggang sa siya ay maawa sa amin.**

**123:1** Ito ay katulad sa Awit 121:1 (ang pagtingin ng mga mata ay isang pagkilos ng panalangin). Sa Awit 121:2, ang "langit" ay tumutukoy sa atmospera sa ibabaw ng mundo (cf. Genesis 1:1), ngunit dito, sa ang luklukan ng Diyos (cf. Awit 11:4; 103:19; Isaias 66:1). Tingnan ang Natatanging mga Paksa
1. Natatanging Paksa: Kalangitan
2. Natatanging Paksa: Ang Mga Langit at ang Ikatlong Kalangitan

Yamang lubhang karaniwan sa Salmo, mayroong pagdaloy sa pagitan ng indibidwal at ang panglahat. Ang Awit na ito ay nagsisimula sa "ako" ngunit kumikilos nang mabilis sa "atin."

**123:2** Ang salitang "kamay" (BDB 388, tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay) ay isang wikain ng kapangyarihan (i.e., panginoong lalaki, panginoong babae). Si YHWH ay ang pangwakas na pinagmulan ng kapangyarihan at pagkapanginoon. Ang Kaniyang bayan ay umaasa sa Kaniya.

▣ **"ang Panginoon naming Diyos"** Ito ay magkakatulad na titulo na unang ginamit sa Genesis 2:4, na pinagsama ang YHWH at *Elohim*. *Eloh* ay maaaring PANG-ISAHAN na anyo. Ang dalawahang titulo ay pinagsasama ang dalawang mga katangian ng Diyos ng Israel.

1. manlilikha, tagapagpatuloy, tagapagtaguyod ng lahat ng buhay sa planetang ito – *Elohim*
2. tagapagligtas, Diyos na gumagawa ng kasunduan – YHWH

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣ **"hanggang sa siya ay maawa sa amin"** Ang kalagayan ng salmista ay inilalarawan sa Awit 123:3-4. Siya ay matiyagang Diyos na kikilos sa kaniyang kapakanan (*Qal* DI-GANAP). Siya ay tumatawag sa Diyos sa panalangin nang dalawang beses sa Awit 123:3 (dalawang *Qal* MGA PAUTOS) na kumilos sa kaniyang kapakanan sa kaawaan at kahabagan (BDB 335, KB 334).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 123:3-4**

**3 Maawa ka sa amin, Oh Panginoon, maawa ka sa amin:**
**sapagkat kami ay lubhang lipos ng kadustaan.**
**4 Ang aming kaluluwa'y lubhang lipos**
**ng duwahagi ng mga tiwasay.**
**At ng paghamak ng palalo.**

**123:3b-4** May kadalasan sa Salmo, ang may-akda ay nakakadama ng pag-atake (dito, siya rin ay nagpapahayag ng panglahat aspeto). Dito, ito ay mayaman, makapangyarihang kasamahang mga Israelita (i.e., Isaias 32:11; Amos 6:1). Ang kanilang mga pagkilos ay pumupuno sa kaniya ng "paghamak" (BDB 100) at "pagkutsa" (BDB 541). Ito ay tiyak na maaaring ang mga Awit 122 at 123 ay nagpapakilala ng yugto ng Ezra, Nehemiah. Kadalasang ang mga uri ng taong ito ay kumikilos na gaya ng mga panginoon ngunit ang salmista ay kilala si YHWH na tunay at pangwakas na panginoon. Ang buhay ay kadalasang may kinikilingan at nangangailangan ng matiyagang panalangin at wastong pananaw sa mundo!

Ang UBS *Handbook* (p. 1059) ay nagpapahayag na "ang wika ng mga talata 3-4 ay nagpapahiwatig na ang mga kaaway ay mga dayuhan, hindi kapwa mga Israelita." Ngunit hindi ko nakikita na napatunayan nito sa Awit 123:3-4, at ang mga suliranin ng Herusalem pagkatapos ng pagpapatapom ay umaakma nang mas mabuti sa kontekstong ito.

# AWIT 124

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin sa Pagsagip mula sa mga Kaaway<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon, ni David | Ang Panginoon, ang Tanggulan ng Kaniyang Bayan | Pasasalamat para sa isang Pambansang Pagpapalaya | Diyos ang Tagapagtanggol ng Kaniyang Bayan | Ang Tagapagligtas ng Israel |
| 124:1-5 | 124:1-5 | 124:1-5 | 124:1 | 124:1-3 |
| | | | 124:2-5 | |
| | | | | 124:4-5 |
| 124:6-8 | 124:6-8 | 124:6-7 | 124:6-8 | 124:6-7 |
| | | 124:8 | | 124:8 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 124:1-5**
**1 Kung hindi ang Panginoon ay naging kakampi natin,**
**sabihin ng Israel ngayon,**
**2 Kung hindi ang Panginoon ay naging kakampi natin,**
**nang ang mga tao ay magsibangon laban sa atin:**
**3 Nilamon nga nila sana tayong buhay,**
**nang ang kanilang poot ay mangagalab laban sa atin:**
**4 Tinabunan nga sana tayo ng tubig,**
**dinaanan nga sana ang ating kaluluwa ng agos:**
**5 Dinaanan nga sana ang ating kaluluwa ng mga palalong tubig.**

**124:1-5** Ito ay isang liturhikong istropa na nauugnay sa pagpapalaya ng pambansang Israel mula sa isang dayuhang mananakop. Ang tumpak na pangkasaysayang kalalagayan ay hindi inihahayag.

Ang salmista ay gumagamit ng makapangyarihang paglalarawan upang ihatid ang pagpapalaya ni YHWH.

1. siya ay kakampi natin, Awit 124:2
2. ang kaawayay linamon ang Israel, Awit 124:3a
3. ang kaaway ay pinag-alab ang kanilang poot laban sa Israel, Awit 124:3b
4. ang kaaway, tulad ng isang baha, ay tinabunan ang Israel, Awit 124:4-5

**124:1 "sabihin ng Israel ngayon"** Ito ay isang *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Ang pagtugon ay maaaring sinipi sa isang pambansang tagumpay na pagdiriwang (cf. Awit 129:1).

**124:3a** Ito paglalarawan ng "paglamon" (BDB 118, KB 134) ay nagmula sa

1. ang pagbibigay-katauhan sa mundo (i.e., kamatayan, *Sheol* cf. Exodo 15:12) na linalamon ang mga mapanghimagsik na Levita sa panahon ng yugto ng palalagalag sa ilang (cf. Bilang 16:30,32; Deuteronomio 11:6)
2. ang pag-atake ng isang manlulupig na hayop (cf. Awit 35:25; Kawikaan 1:12; Amos 2:16); ito ay inihahayag ng tiyakan sa Awit 124:6b

**124:3b** Ang paglalarawan ng poot bilang bilang pag-aalab ay unang ginamit sa Genesis 39:19. Ang apoy ay kadalasang ginagamit bilang isang kaparaanan ng

1. kahatulan
2. poot
3. paglilinis

Tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy.

**124:4-5** Ang paglalarawan ng tubig/baha bilang mga suliranin ng buhay ay inuulit sa OT (i.e., Job 22:11; 38:34; Awit 32:6; 66:12; 69:2; 144:7; Isaias 43:2; Panaghoy 3:54). Ito ay ginamit sa isang pagsalakay sa Isaias 8:7-8 at Jeremias 51:34, gaya ng sa Awit na ito. Habang ang mga tubig ng baha ay tumatakip sa lupa, gayundin ang mga mananakop na hukbo. Ang iba pang karaniwang talinghaga para dito ay isang pamumugad ng mga balang (i.e., Joel).

Kapag ang tubig ay nakikita bilang isang kaaway ng sangkatauhan, mayroong isang pagkabanggit sa pagkatalo ni YHWH sa kaguluhang pantubig (cf. Awit 29:3,10; 74:12-17; 89:9-10; 93:3-4). Ang paksang ito ay bahagi ni YHWH bilang manlilikha (cf. Awit 124:8).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 124:6-8**
**6 Purihin ang Panginoon,**
**na hindi tayo ibinigay na pinaka huli sa kanilang mga ngipin.**
**7 Ang kaluluwa natin ay nakatanan na parang ibon sa silo ng mga manghuhuli:**
**ang silo ay nasira, at tayo ay nakatanan.**
**8 Ang saklolo natin ay nasa pangalan ng Panginoon,**
**na siyang gumawa ng langit at lupa.**

**124:6-8** Si YHWH ay purihin (BDB 138, KB 159, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI) para sa Kaniyang pagpapalaya ng pambansang Israel. Ang pagpapalaya ay pinapakilala bilang

1. pagtakas mula sa isang manlulupig na hayop (i.e., Awit 7:2)
2. pagtakas mula sa isang mangangaso/maninilo ng ibon (cf. Awit 91:3; 119:110; Kawikaan 6:5)

**124:7b** Ang isa ay namamangha kung ang linyang ito ng panulaan ay nagpapabatid ng pagkawasak ng sumasakop na hukbo.

**124:8a** Ang pangalan ay kumakatawan sa isang persona. Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

**124:8b** Ito ay isang itinakdang parirala (cf. Awit 102:25; 121:2; 124:8; 134:3; 146:6) na nagpapahayag ng pagkanatatangi ng Diyos ng Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo.

# AWIT 125

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pumapalibot ang Panginoon sa Kaniyang Bayan<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-hon, ni David | Ang Panginoong, ang Lakas ng Kaniyang Bayan | Panalangin para sa Pagpapa-laya mula sa Pambansang Mga Kaaway<br>(Isang Panaghoy) | Ang Kaligtasan ng Bayan ng Diyos | Kinakanlong ng Diyos ang Kaniyang Matatapat |
| 125:1-3 | 125:1-2 | 125:1-5 | 125:1-2 | 125:1-2 |
| | 125:3 | | 125:3-5b | 125:3 |
| 125:4-5 | 125:4 | | | 125:4 |
| | 125:5a-c | | | 125:5a-b |
| | | | 125:5c | 125:5c |
| | 125:5d | | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 125:1-3**
**1Silang nagsisitiwala sa Panginoon**
**ay parang bundok ng Sion, na hindi maaaring makilos, kundi nananatili magpakailan man.**
**2Kung paanong ang mga bundok na nangasa palibot ng Herusalem,**
**gayon ang Panginoon sa palibot ng kaniyang bayan,**
**mula sa panahong ito at sa magpakailan man.**
**3Sapagkat ang cetro ng kasamaan ay hindi bubuhatin sa mga lupain ng matuwid;**
**upang huwag iunat ng mga matuwid ang kanilang mga kamay sa kasamaan.**

**125:1a "Silang nagsisitiwala sa Panginoon"** Ito ay ang susing kalagayan ng biblikal na pananampalataya. Ang konsepto ay inuulit sa Salmo (BDB 105, KB 120, cf. Awit 9:10; 21:7; 22:4-5; 25:2; 26:1; 28:7; 32:10;

37:3; 40:4; 55:23; 56:4,11; 62:8; 84:12; 91:2; 112:7; 115:9,10,11; 125:1; 143:8). Ang katulad na konsepto ay kadalasang inihahayag bilang

1. magtiwala sa pangalan – Awit 33:21
2. magtiwala sa kahabagan – Awit 13:5; 52:8
3. magtiwala sa salita – Awit 119:42
4. magtiwala sa kaligtasan – Awit 78:22

Ang teolohikong salita na magkakaugnay para sa magtiwala (BDB 52) ay ipinaliwanag sa Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT. Ang Griyegong katumbas ay explained sa Natatanging Paksa: Pananampalataya, Paniniwala, Pagtitiwala sa NT.

Ako ay dumating sa paniniwala na mayroong maraming saligang sangkap ng isang tunay at malagong biblikal na pananampalataya/magtiwala.

1. pagsisisi (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagsisisi sa OT)
2. pananampalataya/magtiwala/maniwala
3. pagsunod (tingnan ang Natatanging Paksa: Iingatan)
4. pagtitiyaga (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtitiyaga)

**125:1b** Upang makita ang buong teolohikong tala at dalawang Natatanging mga Paksa tungkol sa mga pangakong ito sa pambansang Israel, tingnan ang aking tala sa Awit 122:6-9.

Ang LXX ay ginawa ang linyang ito ng panulaan na tumutukoy kay YHWH (i.e., "siya na nananahan sa Herusalem ay hindi mauuga"). Tila ito naging titulo ni YHWH sa Awit 9:11.

**125:2** Ang paglalarawan ng "mga bundok" ay ginamit sa maraming mga kaunawaan (tingnan ang tala sa Awit 121:1). Dito, ito ay tumutukoy sa pangangalaga na kanilang pinagloob mula sa mga mananakop. Si YHWH ang kalasag at tagapagtanggol ng Kaniyang bayan!

▣ **"magpakailan man"** Ang termino (BDB 761) ay ginamit sa Awit 125:1 at 2. Ito ay maraming kahulugang nauugnay sa pangkasunduang katapatan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

**125:3 "ang cetro"** Ito (BDB 986) ay isang talinghaga para sa pagkahari (i.e., si YHWH bilang Hari, cf. Awit 45:6). Ito ay unang ginamit sa isang pang-Mesias na kaunawaan sa Genesis 49:10 ng isang panghinaharap Judeo, Davidikong (cf. 2 Samuel 7) hari. Dito, ang pangako ay walang (1) banyagang hari o (2) Judeong hari na sumasamba sa diyus-diyosan ang maghahari sa bayan ng Diyos. Maliwanag na ang pangakong ito ay may pasubali (i.e., Awit 125:3b,4).

Ang balangkas ng panahon ng Awit 125:3 ay di-tiyak.

1. ang kaaway ngayon ay namamahala sa Israel (pangkasalukuyan)
2. ang kaaway ay namahala sa Israel (nakalipas)
3. ang kaaway ay hindi kailanman mamamahala sa Israel (panghinaharap)

▣ **"ng kasamaan"** Ito ay maaaring tumukoy sa

1. isang banyagang paganong pinuno
2. isang Israelitang pinuno na sumasamba sa diyus-diyosan

Ito ay nagpapakilala ng sinuman na lumilihis mula sa mga pangangailangan sa kasunduan ni YHWH.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ay hindi bubuhatin sa mga lupain"** |
| **NRSV, JPSOA, REB** | **"ang itinalagang lupain"** |
| **TEV** | **"hindi palaging mamumuno sa lupa"** |
| **NJB** | **"hindi darating ka kapahingahan sa mamanahin"** |

**LXX** **"sa itinalaga"**

Ang Hebreo ay may isang PANG-UKOL at isang PANGNGALAN (BDB 174), na nagpapakilala ng isang pamana. Ang paglalarawan ay nagmula sa tala ni Josue (i.e., Josue 12-19) sa paghahati ng lupain ng Canaan sa ginabayan ng Diyos para sa Hebreong angkan sa pamamagitan ng paghahagis ng kapalaran (cf. Awit 16:5).

▣ **"ang matuwid"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran.

▣ **"mga kamay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 125:4-5**
**4Gawan mo ng mabuti, Oh Panginoon, yaong mabubuti,**
**at yaong matutuwid sa kanilang mga puso.**
**5Ngunit sa nagsisiliko sa kanilang mga likong lakad,**
**ilalabas ng Panginoon na kasama ng mga manggagawa ng kasamaan.**
**Kapayapaan nawa ay suma Israel.**

**125:4 "gawan ng mabuti"** Ito ay isang *Hiphil* PAUTOS (BDB 405, KB 408). Ang Diyos ay "mabuti" (BDB 373 II, cf. Awit 86:5; 100:5; 106:1) at Kaniyang bayan ay dapat na nagpapakilala ng Kaniya (cf. Deuteronomio 8:16).

Kapwa Hebreong mga salita para sa "mabuti" ay ginamit sa ang talatang ito.

**125:5** Pansinin kung paano ipinakilala ng Awit 125:4-5 ang dalawang uri ng tao ("sa kanilang. . ."). Ito ay kilala bilang "ang dalawang paraan" (cf. Deuteronomio 30:15,19; Awit 1:1). Ang pakikipag-ugnayan ng isa sa Diyos ay makikita sa pamamagitan ng daan na kaniyang ipinamumuhay (cf. Mateo 7:15-23)! Ang walang hanggang-buhay ay may mga kapansin-pansing katangian!

▣ **"mga likong lakad"** Ang isang likong daan (BDB 785) ay ang tumpak na kasalungat ng matuwid na daan (cf. Awit 5:8; 139:24; 143:10).

Pansinin ang pagkakaagapay na pamamaraan ng paglalarawan ng tao.

1. "sila na mabuti"
2. "sila na matuwid ang puso"
3. "silang nagsisiliko sa mga likong lakad"
4. "ang mga manggagawa ng kasamaan"

▣ **"Kapayapaan nawa ay suma Israel"** Ang kapayapaan ay para lamang sa isang nananampalataya, matapat, matuwid na Israel. Sa ang NT, ito ay tumutukoy sa mga taga-sunod ni Hesus Kristo (cf. taga-Galacia 6:16). Tingnan din ang taga-Roma 2:28-29; 9:6; taga-Galacia 3:7,29; taga-Filipos 3:3! Ang OT ay kailangang maipaliwanag sa pamamagitan ng mas lubos na kapahayagan ni Hesus at ng NT!

Ang Diyos ng Kapayapaan at ang Pangulo ng Kapayapaan ay nagnanais ng kapayapaan para sa kanilang nagtitiwala sa kanila! Tingnan ang Natatanging Paksa: Kapayapaan (*shalom*).

# AWIT 126

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pasasalamat sa Pagbalik mula sa Pagkakatapon<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon. | Maligayang Pagbabalik sa Sion | Panalangin sa Pagpapalaya Mula sa Pambansang Kasawian | Panalangin sa Pagpapalaya | Awit ng Nagbabalik mula sa Pagpapatapon |
| 126:1-3 | 126:1-3 | 126:1-3 | 126:1-3 | 126:1-2b |
| | | | | 126:2c-3 |
| 126:4-6 | 126:4 | 126:4 | 126:4-5 | 126:4-5 |
| | 126:5-6 | 126:5-6 | | |
| | | | 126:6 | 126:6 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 126:1-3**
**1Nang dalhin muli ng Panginoon yaong nangagbalik sa Sion,**
**tayo ay gaya niyaong nanganaginip.**
**2Nang magkagayon ay napuno ang bibig natin ng pagtawa,**
**at ang dila natin ng awit:**
**nang magkagayon ay sinabi nila sa gitna ng mga bansa,**
**Ginawan sila ng Panginoon ng mga dakilang bagay.**
**3Ginawan tayo ng Panginoon ng mga dakilang bagay;**
**na siyang ating ikinatutuwa.**

**126:1-3** Ang istropang ito ay pinaghahambing ang mga damdamin ng Israelita tungkol sa pagiging bihag sa pagkakatapon na may dakilang kaligayahan ng pagbabalik sa Judah at Herusalem at ang templo.

Ang suliranin para sa mga tagapagpaliwanag ay ang Hebreong MGA PANDIWA na hindi nagtataglay

ng isang sangkap ng panahon, na tanging ang konteksto ang nagpapasiya ng nakalipas, pangkasalukuyan, o panghinaharap! Samakatuwid, ang unang talata ay maaaring

1. isang pagpapatunay ng isang nakalipas na pagkilos
2. isang pag-asa para sa isang panghinaharap na pagkilos
3. isang nakalipas na pagkilos, Awit 126:1; isang panalangin para kay YHWH na muling gawin ito, Awit 126:4

**126:1 "dalhin muli"** Ang MAKADIWA (BDB 996, KB 1427, *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN) ay may isang malawak na semantikong pagkakagamit. Ito ay ang karaniwang salita na ginamit para sa "pagsisisi" (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagsisisi sa OT) mula sa ang saligang kahulugan na "lumiko" o "bumalik." Ito ang pangalawang kahulugan na tila ng kinapapalooban ng Awit 126:1 (JPSOA, batay sa Awit 85:1, ay may "pinanumbalik," tingnan din ang Awit 14:7; 53:6).

Yamang maramin sa "mga Awit ng Pag-ahon" ay nagpapakilala ng yugto sa Ezra/Nehemiah (i.e., kautusan ni Cyrus ng 538 B.C.), ang awit na ito ay maaari ding nagpapakilala ng yugto pagkatapos ng pagpapatapon.

Isang lamang teolohikong pagpuna na ang kanilang kalayaan mula sa pagkakabihag/pagkakatapon ay pinangunahan ng kanilang pagbabalik-loob kay YHWH.

▣ **"mga nangabalik"** Mayroong maaaring pag-aayos (dito at sa Awit 126:4) na sinusunod ng JPSOA, "Kapag ipinanumbalik ni YHWH ang yaman ng Sion").

1. ibinalik – שִׁיבַת (BDB 1000 II), MT
2. ipinanumbalik – שְׁבוּת (BDB 986), JPSOA, cf. Awit 85:1

Ang terminong "mga yaman" ay nagpapakilala na kasaganahan (tala ng TEV). Ito ang nakikitang tanda ng isang nanumbalik na kasunduan kasama ni YHWH at mga ipinangakong pagpapala nito (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30).

▣ **"Sion"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Sion.

▣ **"tayo ay gaya niyaong nangananaginip"** Ito ay ang unang sa maraming mga naglalarawang parirala na naghahayag ng kaligayahan sa kanilang bumalik.

1. Awit 126:1b
2. Awit 126:2a
3. Awit 126:2b
4. Awit 126:2c-d
5. Awit 126:3

Ang mga damdaming ito ay ang linalayong bunga ng isang pakikipag-ugnayan kay YHWH.

Ang DSS at ang LXX ay nakikita ang Hebreong salitang "panaginip," חלם (BDB 321 II) bilang tumutukoy sa "pagiging malusog," "malakas" (cf. REB); ang ugat ay binabaybay na magkatulad. Ang Peshitta ay may "kami ay tulad ng sa kanila na nagsisigalak."

**126:2c-d "sinabi nila sa gitna ng mga bansa"** Ang pariralang ito ay muling pinapagtibal ang sentrong teolohikong pagdidiin na ninais ni YHWH na gamitin ang Kaniyang pakikipag-ugnayan sa Israel bilang isang daan upang maabot ang mga bansa (cf. Awit 46:10). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 126:4-6**

**[4]Papanumbalikin mo uli ang aming nangabihag, Oh Panginoon,**
**na gaya ng mga batis sa Timugan.**
**[5]Sila na nagsisipaghasik na may luha ay magsisiani na may kagalakan.**
**[6]Siyang lumalabas at umiiyak, na nagdadala ng sako ng binhi;**

| siya ay di sasalang babalik na may kagalakan, na dala ang kaniyang mga tangkas. |
|---|

**126:4a** Ang PAUTOS (tulad ng PAWATAS NA KAYARIAN ng Awit 126:1a) ay mahirap maunawaan. Kung ang Awit 126:1 ay nagpapahayag ang pagbalik ng ang mga binihag, bakit ang Awit 126:4 ay isang panalangin para sa kanilang pagbabalik? Ito ang dahilan kung bakit ginagamit ng JPSOA ang modelo ng Awit 85:1 upang ipahayag na ito ay tumutukoy sa pagbabalik ng kasaganahan.

**126:4b** Ito ay isang heograpikong talinghaga na nauugnay sa mga daanan ng tubig sa disyerto (i.e., Negev) na tinawag na wadis. Ang mga ito na pinupuno ng tubig ay paglalarawan ng isang dakilang pagpapala sa panghinaharap na kasaganahan sa pagsasaka o agrikultura (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30).

**126:5-6** Ang pangako ng masaganang tubig sa Awit 126:4b ay pinaabot sa iba pang mga pang-agrikulturang wikain. Ang "mga luha" (BDB 199) ay tumutukoy sa

1. mga luha ng kaligayahan sa pagpapanumbalik ng kasunduan (i.e., Israel na bumalik sa lupain ng umaagos sa gatas at pukyutan)
2. ang mga bunga ng pagsisisi ng Israel

**126:6** Mayroong dalawang halimbawa ng isang pang-gramatikong anyo ng pagtindi sa talatang ito. Dalawang beses ang PAWATAS NA LUBUSAN at DI-GANAP PANDIWA ng isang Hebreong ugat ay ginamit.

1. siyang lumalabas – BDB 229, KB 246
2. siya ay di sasalang babalik – BDB 9, KB 112

Sila na nagtanim sa pananampalataya/pagsisisi ay aani ng katiyakan (cf. Deuteronomio 30:1-10)!

▣
**NASB** **"sako ng binhi"**
**NKJV, NRSV** **"binhing itatanim"**
**REV, NJB,**
**LXX** **"pagdadala ng binhi"**
**JPSOA** **"supot ng binhi"**

Ang salita (BDB 604 I) ay ginamit sa Job 28:18 sa kaunawaan ng "paghahasik" at dito maaaring sa kaunawaan ng isang supot na may panali sa paghahasik. Ang PANDIWA na anyo ay nangangahulugang "hilahin" o "ilabas" (cf. Amos 9:13).

Ang Tyndale OT Commentary Series (tomo 16, p. 476) ay sinasabing ang PANDIWA ay tumutukoy sa isang bakas (i.e., paghahasik) ng binhi (i.e., one linya sa isang pagkakataon, hindi paghahasik ng malapad).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit mahirap malaman ang pangkasaysayang kalalagayan ng Awit na ito?

2. Paanong tila may kontradiksyon ang Awit 126:1 sa Awit 126:4?
3. Ano ay ang teolohikong implikasyon ng Awit 126:2c-d?
4. Bigyang kahulugan ang “Negev.”
5. Ano ang ipinapahiwatig ng “weeping” sa Awit 126:5?

# AWIT 127

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kasaganahan ay Nagmula sa Panginoon<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon, ni Solomon | Paggawa at Pagsagana Kasama ang Panginoon | Isang Ligtas na Tahanan at Malaking Pamiya ay mga Kaloob ng Panginoon<br>(Pangkarunungang Awit) | Sa Kapurihan ng Kabutihan ng Diyos | Pagtitiwala sa Kalooban ng Diyos |
| 127:1-2 | 127:1-2 | 127:1-2 | 127:1-2 | 127:1 |
| | | | | 127:2 |
| 127:3-5 | 127:3-5 | 127:3-5 | 127:3-5 | 127:3-4 |
| | | | | 127:5 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 127:1-2**
**[1]Malibang itayo ng Panginoon ang bahay,**
**walang kabuluhang nagsisigawa ang nagtatayo:**
**malibang ingatan ng Panginoon ang bayan,**
**walang kabuluhang gumigising ang bantay.**
**[2]Walang kabuluhan sa inyo na kayo'y magsibangong maaga,**
**at magpahingang tanghali,**
**at magsikain ng tinapay ng kapagalan:**
**sapagkat binibigyan niyang gayon ng pagkakatulog ang kaniyang minamahal.**

**127:1-2** Ang istropang ito ay nagpapahayag ang kapangyarihan ni YHWH. Ang ninanais Niya ay tiyak! Si YHWH ay may teolohiko, pangmundong layunin para sa Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

Ang terminong "bahay" (Awit 127:1) at "Kaniyang minamahal" (Awit 127:2) ay mga talinghaga para sa bansang Israel, na lumsho mula sa mga natatanging pangako ni YHWH sa mga Patriyarka (kapwa isang lupain at isang binhi, i.e., Genesis 12:1-3).

Pansinin ang pagkakaagapay sa pagitan ng "Malibang itayo ng Panginoon ang bahay". . ." malibang ingatan ng Panginoon ang bayan." Ang istropang ito ay binuo sa

1. pagkakaagapay
2. mga paglalaro ng tunog (ש)
   a. "walang kabuluhan," Awit 127:1 (dalawang beses), 2 – BDB 996 (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Kabuluhan, Walang Saysay, Walang Halaga)
   b. ingatan, Awit 127:1 – BDB 1036
   c. bantay, Awit 127:1 – BDB 1036
   d. gumising, Awit 127:1 – BDB 1052
   e. magsibangong maaga, Awit 127:2 – BDB 1014
   f. magpahingang tanghali, Awit 127:2 – BDB 442, ישב
   g. pagkakatulog, Awit 127:2 – BDB 446, שנא, na makikita lamang dito sa OT (AB, p. 225, ay nagmumungkahi ito ay maaaring Syriano o Ethiopianong salita para sa "kasaganahan," ay umaakma sa kontekstong, gayunman, "pagkakatulog" ay mainam na umaakma din sa konteksto )

**127:2** Ang pagpupunyagi ng tao na wala ang Diyos ay walang silbi, hindi mabisa, at pansamantala (cf. Juan 15:5).

Mayroong tatlong MGA PANDIWARI at dalawang PAWATAS NA MGA KAYARIAN na bumubuo sa pagkakaagapay mga parirala.

1. magsibangong maaga
2. magpahingang tanghali
3. magsikain ng tinapay ng kapagalan

Ito ay nakakawili na ang AB (p. 223) ay nakikita ang #3 bilang isang sanggunian sa pagsamba sa Diyus-diyosan at sinisip ang (1) ang tala ni Jerome (Juxta Helraeos) bilang isang tulong at (2) Awit 106:36,37 at maaaring Awit 139:24, na mula sa katulad na saligang ugat (BDB 780 I at BDB 781). Gayunman, ang kaisipan ng kapagalan ay tila isang mas mabuting pagkakaagapay sa #1 at #2 ng mabigat na pagpupunyagi ng tao ay nagdudulot ng isang ninanais na bunga.

▣ **"Kaniyang minamahal"** Ito ay tumutukoy sa Israel (cf. Deuteronomio 33:12; Awit 60:5; 108:6; Isaias 5:1; Jeremias 11:14; 12:7). Dahil ang mga panimula ng MT at DSS ay may "Solomon," ilang mga iskolar ay gumawa ng kaugnayan dito sa 2 Samuel 12:25, kung saan si Solomon ay tinawag na "Jedidiah" (i.e., minamahal ng *Yah*) ni Nathan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 127:3-5**

**[3]Narito, ang mga anak ay kaloob na mula sa Panginoon:**
**at ang bunga ng bahay-bata ay kaniyang ganting-pala.**
**[4]Kung paano ang mga pana sa kamay ng makapangyarihang lalake,**
**gayon ang mga anak ng kabataan.**
**[5]Maginhawa ang lalake na pumuno ng kaniyang lalagyan ng pana ng mga yaon:**
**sila ay hindi mapapahiya,**
**pagka sila ay nakikipagsalitaan sa kanilang mga kaaway sa pintuang-bayan.**

**127:3-5** Ang istropang ito sa una ay tila walang kaugnayan sa Awit 127:1-2, ngunit ang layunin ng Awit bilang isang kabuuan ay aktibong pakikisangkot ng Diyos sa buhay ng bansang Israel. Ang Awit na ito ay ipinapahayag sa kasalukuyang hari. Ang isang bansa ay malakas lamang gaya ng balangkas ng pamilya nito.

Ang mga malulusog na anak ay bahagi ng "pagpapala" na pangkat, kapwa Levitico 26:9 at Deuteronomio 7:13; 28:4; 30:5. Ito ay isang tanda ng isang malusog na pangkasunduang pakikipag-ugnayan kasama ng Diyos. Tandaang Siya ay ang nag-uutos sa sangkatauhan na "maging mabunga at magpakarami" (cf. Genesis 2:27-28; 9:1,7).

**127:3**
**NASB, TEV,**
**REB "kaloob na mula sa Panginoon"**
**NKJV, NRSV,**
**LXX "mana na mula sa Panginoon"**
**NJB "isang karapatan sa pagsilang mula kay Yahweh"**
**JPSOA "isang pagtutustos ng Panginoon"**

Ang salita (BDB 635) ay talagang nangangahulugang isang pamana (NIDOTTE, tomo 3, p. 77) o "pag-aari," "ari-arian."

1. pamana ng isang tao – Genesis 31:14; Bilang 27:7,8,9,10,11; 36:3,8; Awit 37:18
2. pamana ng Israel – Deuteronomio 4:21; 15:4; 19:10; 20:16; 24:4; 25:19; 26:1; Isaias 54:17
3. bahagi o kabahagi – Job 20:29; 27:13; 31:2

Ang Awit na ito ay maaaring ipaliwanag bilang isang inihahayag na katotohanan sa

1. isang indibidwal (#1 sa ibabaw)
2. sa ang hari ng Israel at, samakatuwid, ang bansa (#2 sa ibabaw) Sa aking palagay, #2 ay pinaka akma sa Awit na ito.

**127:5** Ang linya ng panulaan ay binibigyang-diin ang isang malakas na populasyon (o tribong pangkat) na may kakayahang ipagtanggol ang kanilang sarili dahil sa

1. kanilang Diyos
2. populasyon na ipinagkaloob ng kanilang Diyos

Ito ay maaaring isang sanggunian sa matatag na dinastiya ng Davidikong Hari (cf. 2 Samuel 7).

▣ **"sila ay hindi mapapahiya"** Sa kontekstong ito ng isang dinastikong pangako sa Hari, sa aking palagay, ang "mapahiya" ay tumutukoy sa isang panghukbong pagkatalo. Para sa "napahiya" tingnan ang tala sa Awit 119:6.

▣ **"sa pintuang-bayan"** Ito ang lugar ng kautusan, pangangalakal, at mga panlipunang gawain.

Ang AB (p. 224) ay nag-aalok ng isa pang mungkahi na kaugnay sa huling linya ng panulaan. Ang saligang Hebreong parirala ay maaaring tumutukoy sa isang paglalarawan ng digmaan kung saan ang kaaway ay natalo. Ang salin ay magiging, "ngunit maitataboy ang kaniyang mga kaaway mula sa pintuang-bayan."

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Kanino ipinapahayag ang Awit na ito?

2. Sino ay “ang minamahal” ng Awit 127:2?
3. Bigyang kahulugan ang “mapahiya” sa kontekstong ito.
4. Ang huling linya ng tula ay dapat na munawaan sa liwanag ng kung sino ang pinagpapahayagan, bakit?

# AWIT 128

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kaligayahan ng Pagkatakot sa Panginoon<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon | Pagpapala sa Kanilang may Takot sa Panginoon | Malaki at Masaganang Pamilya ay isa Gantimpala sa Debosyon sa Panginoon<br>(Pangkarunungang Awit) | Ang Gantimpala ng Pagsunod sa Panginoon | Mga Pagpapala sa mga Matatapat |
| 128:1-4 | 128:1 | 128:1-4 | 128:1 | 128:1 |
| | 128:2-4 | | 128:2-4 | 128:2-3 |
| | | | | 128:4-6 |
| 128:5-6 | 128:5-6a | 128:5-6a | 128:5-6 | |
| | 128:6b | 128:6b | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 128:1-4**
**1 Pinagpala ang bawat isa na natatakot sa Panginoon,**
**na lumalakad sa kaniyang mga daan.**
**2 Sapagkat iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay:**
**magiging maginhawa ka, at ikabubuti mo.**
**3 Ang asawa mo ay magiging parang mabungang puno ng ubas,**
**sa mga pinakaloob ng iyong bahay:**
**ang mga anak mo ay parang mga puno ng olibo,**
**sa palibot ng iyong dulang.**
**4 Narito, na ganito nawa pagpalain ang tao,**
**na natatakot sa Panginoon.**

**128:1 "pinagpala"** Tingnan ang tala sa salitang ito (BDB 80) at Awit 1:1. Mayroong dalawang pangunahing termino sa Hebreong para sa konsepto ng "mapalad" o "masaya," na kapwa nauugnay sa Diyos at mga tao. Gamitin natin ang Deuteronomio 33 bilang isang halimbawa.

1. mapalad (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapala [OT])
   a. PANGNGALAN – BDB 139, cf. Deuteronomio 33:1,11
   b. PANDIWA – BDB 138, cf. Deuteronomio 33:1,13,20,24
2. mapalad – BDB 80, na ginamit sa Awit 1:1 at 18 na beses sa mga Awit ngunit hindi sa Genesis o Deuteronomio

Ang mga pagpapala ni YHWH ay tuwirang nauugnay sa kanilang saklaw ng Kaniyang kasunduan. Ito ay batay sa pagsunod (tingnan ang Natatanging Paksa: Iingatan). Ang buong konsepto ng kasaganahan at kapanatagan ay bahagi ng "dalawang paraan," ng OT na makikita sa Awit 1; Deuteronomio 30:15,19 at inilalarawan bilang "sumpa" at "pagpapala" sa Levitico 26 at Deuteronomio 27-30.

Ang totoong pinagpalang tao ay ang isa na may wastong kaugnayan sa (1) Diyos, (2) kaniyang pamilya, at (3) ang bayan ng Diyos. Ang lahat tatlong bahagi ay dapat na may pagkakasundo!

▣ **"bawat-isa"** Pansinin kung paanong ito ay limitado.

1. sa kanilang natatakot sa Panginoon, Awit 128:3,4 (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagkatakot [OT])
2. sila na nagsisilakad sa Kaniyang daan (cf. Awit 119:2-3)

Kaya ang pagpapala ay hindi para sa "bawat-isa," hindi kahit na sa kasunduang bayan, ngunit tanging para sa matapat na mga taga-sunod!

Ito ay mga kahihinatnan kung paano tinitingnan ng mga Krisityano ang makabagong stado ng Israel. Ang pangkasunduang pagsunod ay isang kinakailangan sa mga pangkasunduang pangako!

▣ **"mga daan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

**128:2-3** Pansinin ang mga pangkasunduang pangako para sa matapat na mga taga-sunod (dito, sa isang indibidwal).

1. malugod sa mga gawa ng kaniyang pagpapagal
2. maging maginhawa
3. mabuting buhay
4. mabuting buhay sa tahanan
5. marami, malusog na mga anak
6. isang mahabang buhay

Ito ang diwa ng mga pagpapala sa OT. Ninanais ni YHWH na makuha ang pansin ng mga bansa sa pamamagitan ng pagpapala sa Israel. Minsang kanilang napansin, ang Israel ay dapat na ibahagi ang pinagmulan ng kanilang pagpapala at kapayapaan—si YHWH.

Ito dapat ay inihahayag na ang malaking paglago sa populasyon ay isang utos ng Diyos sa

1. Genesis 1:28; 9:1,7
2. ito ay bahagi ng pangako kay Abraham sa Genesis 12:2; 13:16; 16:10
3. ito rin ay katotohanan sa pamilya ni Jacob (cf. Genesis 28:14) sa Ehipto na nagdulot sa mga Ehipsyon pinuno na matakot at pahirapan ang Israel (Exodo 1-2).

**128:2a** Isang tala lamang sa dapat banggitin, na pangakong ito ay ang tumpak na kasalungat ng pagbabanta ng pagkakatapon! Ang mga pagpapatapon ay kahatulan ng Diyos sa kawalang katapatan ng mga taga-sunod sa kasunduan. Ito ay mismong kasalungat ng Kaniyang mga hinahangan na layunin. Ito ang ehemplo ng kabalintunaan!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 128:5-6**
**[5]Pagpapalain ka ng Panginoon mula sa Sion:**

**at iyong makikita ang buti ng Herusalem sa lahat na kaarawan ng iyong buhay.**
**6 Oo, iyong makikita ang mga anak ng iyong mga anak.**
**Kapayapaan nawa'y suma Israel.**

**128:5-6** Ito ay isang pangwakas na panalangin para sa kapwa indibidwal na matapat na taga-sunod at pambansang Israel (cf. Awit 128:6b).

1. Awit 128:5a – pagpalain (BDB 138, KB 159, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan)
2. Awit 128:5b – iyong makita. . . (BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS)
3. Awit 128:6a – katulad sa #2
4. Awit 128:6b – walang PANDIWA ngunit isang ipinagpapalagay na panalangin (cf. Awit 125:5)

Ito ay nakakawili na ang pagkabanggit ni Pablo sa iglesiya sa taga-Galacia 6:16 ay gumagamit ng magkakatulad na parirala sa Awit 128:6. Kung ito man ay isang tuwira, sinasadyang pagkabanggit ay di-tiyak.

▣ Pansinin na "ang buti ng Herusalem" ay pagkakaagapay sa "iyong makikita ang mga anak ng iyong mga anak." Ito ay tumutukoy sa mahabang panahon ng kapayapaan, kasaganahan, at panlipunang katatagan.

**128:5 "mula sa Sion"** Ito ay tumutukoy kay YHWH na nananahan sa templo (cf. Awit 1234:3). Tingnan ang Natatanging Paksa: Sion.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bigyang kahulugan ang Hebreong terminong "mapalad" (Awit 128:1a).
2. Bigyang kahulugan ang Hebreong terminong "pagkatakot" (Awit 128:1a).
3. Bakit ang "maraming mga anak" ay itinuturing na isang pagpapala?
4. Paano maiuugnay ang mga kategorya ng pananampalataya, tahanan, at bansa?

# AWIT 129

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Panalangin para sa Pagpapapatapon ng mga Kaaway ng Sion<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon | Awit ng Tagumpay Laban sa Mga Kaaway ng Sion | Panalangin para sa Pagpapalaya Mula sa Pambansang Mga Kaaway<br>(Isang Panaghoy) | Panalangin Laban sa mga Kaaway ng Israel | Laban sa Mga Kaaway ng Sion |
| 129:1-4 | 129:1-4 | 129:1-8 | 129:1-4 | 129:1-2 |
| | | | | 129:3-4 |
| 129:5-8 | 129:5-8 | | 129:5-8 | 129:5-8b |
| | | | | 129:8c |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isang pambansang pananaghoy. Para sa paggamit ng "anak" para sa Israel, tingnan ang Natatanging Paksa: Anak ng Diyos.

B. Ang pangalawang talata (Awit 129:5-8) ay isang sumpa sa mga taga-usig ng Israel, na tila mga dayuhan.

C. Maraming mga larawan na tumutukoy sa buhay at pananampalataya ng Israel ay nagmula sa agrikultura. Ito ay napakahalagang matandaan ang mga sumusunod na katotohanan kapwag ating ipinapaliwanag ang mga Awit.
   1. sila ay OT at hindi NT
   2. sila ay nauugnay sa isang kalalagayan sa ANE
   3. ang kanilang pagtuon sa pangkasunduang pagsunod at ang sentro ng pambansang Israel sa

ang plano ng Diyos
4. sila ay dapat na muling ipaliwanag sa liwanag ng ebanghelyo ng NT

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 129:1-4**
**1 Madalas na ako ay dinalamhati nila mula sa aking kabataan,**
**sabihin ngayon ng Israel,**
**2 Madalas na ako ay dinalamhati nila mula sa aking kabataan:**
**gayon ma'y hindi sila nanganaig laban sa akin.**
**3 Ang mga mangaararo ay nagsiararo sa aking likod;**
**kanilang pinahaba ang kanilang bungkal.**
**4 Ang Panginoon ay matuwid:**
**kaniyang pinutol ang mga panali ng masama.**

**129:1-2** Ang Awit 129:1, linya 1 ay tila, sa una, ipinapahayag ang kalagayan ng isang matapat na indibidwal ngunit ang PANDIWA ng linya 2 (BDB 55, KB 65, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan) ay ipinapakita na ito ay isang pambansang pananaghoy. Ang Awit na ito ay hindi ipinaliwanag kung bakit lubhang madalas pagmalupitan ang Israel. Tulad ng nakakaraming mga Awit, ang pagtanggap ng kasalanan ng kasunduang bayan ay hindi ipinahayag, ngunit ipinagpalagay. Ang kakila-kilabot na mga katotohanan ng Levitico 26 at Deuteronomio 27- 28 ay naging isang pambansang katotohanan.

**129:2b** Ang katotohanan na ang pambansang Israel ay nananatiling umiial ay isang pagkilala sa kahabagan (cf. Malakias 1) at layunin ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

**129:3** Ito ay pang-agrikulturang paglalarawan na nagpapakilala ng pagdurusa at pagkakasakit.

**129:4a** Ang Israel ay nananatili dahil ng kanilang Diyos. Siya ay totoo sa Kaniyang katangian (tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran) at layunin (cf. Genesis 3:15; Exodo 19:5-6; Isaias 2:2-4; Mikas 4:1-3).

**129:4b** Ito ("mga panali," BDB 721) ay maaaring tumukoy sa
1. ang paghuli ng mga hayop (cf. Awit 140:5)
2. ang mga pamigkis ng isang pamatok ng baka (cf. Job 39:10)
3. ang mga panali sa isang bilanggo

Iminumungkahi ng AB (p. 231) na ang linyang ito ng panulaan ay nauunawaan bilang isang PANGKAUTUSAN (bilang ay Awit 129:5-6), na nagpapakilala isang panalangin. Kung si YHWH ay mayroon nang "pinutol" (BDB 893, KB 1125, *Piel* GANAP), bakit may mga sumpa ng Awit 129:5-6? Dahood ay ginawa itong isang PANGUNANG GANAP, na kinyang tinala na kadalasang matatagpuan sa pagkakaagapay ng MGA PANGKAUTUSAN. Kung ito ay totoo, ngayon, ang Awit129:4 ay nagsisimula sa isang bagong istropa (i.e., Awit 129:4-8), samakatuwid, ang salin ay magiging "Hayaang putulin ni YHWH ang mga tali (i.e., bakang nag-aararo) ng ang masama." Karamihan sa mga saling Ingles (NKJV, NRSV, TEV, NJB, JPSOA, REB) ay isinalin ang PANDIWA bilang isang nakalipas na pangyayari.

**129:4-8** Ang istropang ito ay inilalarawan ang isang sumpa sa lahat na nasusuklam sa Sion (i.e., nangangahulugang si YHWH at Kaniyang bayan). Sa ito konteksto, ang Sion ay tumutukoy sa pambansang Israel na ang kaniyang sentro ay ang templo sa Herusalem.
1. nangagtatanim ng loob – BDB 101, KB 116, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN

na kaunawaan, Awit 129:5
2. bumalik – BDB 690, KB 744, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, Awit 129:6
3. sila ay maging parang damo sa mga bubungan – BDB 224, KB 243, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, Awit 129:6
   a. natutuyo ito bago lumaki, Awit 129:6b
   b. ang manggagapas ay walang prutas mula dito, Awit 129:7
4. walang nagpapala sa kanila, Awit 129:8

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 129:5-8**
**5 Mapahiya sila at magsitalikod,**
**silang lahat na nangagtatanim ng loob sa Sion.**
**6 Sila ay maging parang damo sa mga bubungan,**
**na natutuyo bago lumaki:**
**7 Na hindi pinupuno ng manggagapas ang kaniyang kamay niyaon,**
**ni siyang nagtatali man ng mga bigkis, ang kaniyang sinapupunan.**
**8 Hindi man sinasabi ng nagsisipagdaan,**
**ang pagpapala ng Panginoon, ay sumainyo nawa;**
**binabasbasan namin kayo sa pangalan ng Panginoon.**

**129:5b "mapahiya"** Ang terminong ito (BDB 101, KB 116) ay nagpapakilala ng sinuman sa labas ng pagsasama kay YHWH at sa ilalim ng Kaniyang kahatulan. Ito ay maaaring gamiting sa
1. mga dayuhan
2. mga mapaghimagsik na Israelita

Ito ay nagpapakilala ang mga kahihinatnan ng kawalang-pananampalataya o di-pananampalataya na nabanggit sa Levitico 26 at Deuteronomio 27-30 na nagiging isang katotohanan (tingnan ang NIDOTTE, tomo 1, pp. 621-627). Para sa "mapahiya" tingnan ang tala sa Awit 119:6.

**129:8a-b** Ito ay maaaring tumukoy sa pagpapala na sinisigaw ng mga kaibigan, pamilya, at mga kapitbahay sa mga taga-ani (cf. Ruth 2:4).

**129:8c** Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang pagbubukas ba ang Awit na ito ay nagpapahiwatig ng isang liturhiya?
2. Bakit tinatawag na "isang kabataan" ang Israel?
3. Ano ang tinutukoy ng "mga tali" sa Awit 129:4?
4. Bigyang kahulugan ang "pagkahiya."
5. Ano ang maaaring pangkasaysayang kalalagayan ng Awit 129:8?

# AWIT 130

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pag-asa sa Mapagpatawag na Pag-ibig ng Panginoon<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon | Paghihintay para sa Katu-busan ng Panginoon | Panalangin sa Pagpapalaya mula sa Personal na Kaguluhan | Panalangin para sa Paghingi ng Tulong | Sa Labas ng mga Kalaliman |
| 130:1-4 | 130:1-2 | 130:1-2 | 130:1-4 | 130:1-2 |
| | 130:3-4 | 130:3-4 | | 130:3-4 |
| 130:5-8 | 130:5-6 | 130:5-6 | 130:5-6 | 130:5-7a |
| | 130:7-8 | 130:7-8 | 130:7-8 | 130:7b-8 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isa sa mga Awit na nagpapahayag sa mga pinakamalalim ng pagnanais at pag-asa ng matapat na mga taga-sunod.
   1. mayroong mga suliranin, mga kasalanan, at mga kabiguan
   2. ang mananampalataya ay nagsusumamo sa kanilang tanging pag-asa, si YHWH
   3. Siya nakikinig at nagpapatawad
   4. Siya ay matapat na Kaniyang katangian at salita kahit na hindi sa mga tao (cf. Awit 51:1)

B. Mayroong maraming mga pangalan para sa pagka-Diyos ng Israel na ginamit sa isang Awit.

C. 1. YHWH, Awit 130:1,5,7 (dalawang beses)
   2. *Yah*, Awit 130:3 (pagdadaglat ng YHWH)

3. *Adon*, Awit 130:3,6

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

D. Ang Awit na ito ay nagpapahayag ng kapwa indibidwal at panglahat na nananabik para sa pagpapanumbalik (cf. Awit 130:7-8).

E. Pansinin ang pang-gramatikong teolohikong pagbibigay-diin ng Awit 130:7-8.
   1. Awit 130:7, "saganang katubusan" (BDB 915 I, KB 1176, *Hiphil* PAWATAS NA LUBUSAN)
   2. Siya (at Siya lamang) ang tutubos – PANSARILING PANGHALIP na dinagdagan ng PANDIWA para sa pagbibigay-diin

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 130:1-4**

**1 Mula sa mga kalaliman ay dumaing ako sa iyo, Oh Panginoon.**
**2 Panginoon, dinggin mo ang aking tinig:**
**pakinggan ng iyong mga pakinig**
**ang tinig ng aking mga pamanhik.**
**3 Kung ikaw, Panginoon, magtatanda ng mga kasamaan,**
**Oh Panginoon, sinong tatayo?**
**4 Ngunit may kapatawarang taglay ka,**
**upang ikaw ay katakutan.**

**130:1 "Mula sa mga kalaliman"** Ang PANGNGALAN (BDB 771) ay may maraming paglalarawang pagkakagamit. Ito talagang ay nangangahulugang "kalaliman."
1. ang pagkabahala ay inilalarawan bilang isang baha ng mga tubig, cf. Awit 69:1-2,14-15 (magkakatulad na talinghaga sa Awit 42:7a; 88:7)
2. si YHWH bilang bilang nagtagumpay sa kaguluhan ng tubig, cf. Isaias 51:9-10 (magkakatulad na sa Awit 74:12-17; 89:9-10)
3. ang pagkatalo ng pangkaragatang kapangyarihan ng Tiro (i.e., lumubog dagat), cf. Ezekiel 27:34
4. maaaring isang sanggunian sa *Sheol*, cf. Jonas 2:2-6; Awit 18:4-5)

▣ **"dumaing ako sayo"** Ang tumpak na kalikasan ng pagkabahala ng salmista ay hindi inihahayag ngunit ito ay kaugnay sa kaniyang kaunawaan ng kasalanan (cf. Awit 130:3-4). Nararamdaman niyang siya ay nag-iisa ngunit nalalaman na papatawari at ipanunumbalik ng Diyos ang isang nagsisisi, matiyagang taga-sunod (cf. Awit 130:5-6)!

**130:2** Ang talatang ito ay nagpapakilala ng panalangin ng salmista na nabanggit sa Awit 130:1.
1. dinggin – BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS
2. pakinggan ng iyong mga pakinig – BDB 224, KB 243, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

**130:3-4** Maraming mga saling Ingles ay ginagawa ang dalawang mga talata na hiwalay na istropa (i.e., NKJV, NRSV, NJB).

Ang katotohanan ng pagkamakasalanan ng lahat ng mga tao pagkatapos ng Pagkahulog ng Genesis 3 ay isang inuulit na katotohanan sa lahat ng dako ng Bibliya.
1. Genesis 3:17-19; 6:5,11-12; 8:21
2. 1 Mga Hari 8:46

3. 2 Cronica 6:36
4. Ezra 9:15
5. Job 4:17; 9:2; 15:14-16; 25:4
6. Awit 51:5; 76:7; 130:3; 143:2
7. Kawikaan 20:9
8. Ecclesiastes 7:20
9. Isaias 53:6
10. Nahum 1:6
11. Malakias 3:2
12. taga-Roma 3:9-18,19,23; 11:32
13. 1 Juan 1:8-10
14. Pahayag 6:17

Ang lahat ay nangangailangan ng kapatawaran! Ang mga tao ay hindi nauunawaan ang pangangailangan para sa pagpapataward hanggang ang Espiritu ay maliwanag na inihahayag ang ating pangangailangan. Walang pangangailangan para sa isang tagapagligtas hanggang nagkaroon ng isang na kaunawaan ng pagkawala! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapatawad sa OT. Ang pagpapatawad ay maaari dahil sa

1. mapagbiyaya, di-nagbabagong katangian ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel [OT])
2. natapos na gawain ng Mesias (cf. Isaias 53; Marcos 10:45; 2 taga-Corinto 5:21)
3. ang paglapit, paghihikayat ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65; 16:8-15)

**130:3 "magtatanda"** Ang PANDIWA (BDB 1036, KB 1581, *Qal* DI-GANAP) ay nagpapakilala, sa kontekstong ito, ng pag-iingat ng isang talaan. Ito ay inilarawan sa "dalawang aklat" ng Diyos (i.e., aklat ng mga gawa/mga alaala at ang aklat ng buhay, tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Dalawang Aklat ng Diyos). Ito ay isang talinghaga para sa gunita ng Diyos.

Ito ay kabalintunaan ngunit Diyos ay hiniling nang hiniling na kalimutan ang ating mga kasalanan (i.e., Awit 79:8; 106:6; Isaias 64:9; Mikas 7:18) ngunit tandaan ang Kaniyang mga pangako. Sa Araw ng Paghuhukom, ang mga aklat ay bubuksan (cf. Daniel 7:10; Pahayag 20:12)!

**130:4 "katakutan"** Ang kinalabasan ng isang walang-bayad at buong pagpapatawad ng isang mapagbiyayang Diyos ay ang pagpapanumbalik ng personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos (i.e., naligaw sa Paghulog ng Genesis 3), na nagiging/naging/magiging layunin ng paglalang. Tayo ay nilalang Niya at para sa Kaniya. Pagkatakot ang nararapat pakundangan na nararapat sa Kaniya. Ang pagpapatawag ay nagbubung ng pagsasama! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagkatakot (OT).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 130:5-8**

**5 Aking hinihintay ang Panginoon, hinihintay ng aking kaluluwa,**
**at sa kaniyang salita ay umaasa ako.**
**6 Hinihintay ng aking kaluluwa ang Panginoon,**
**ng higit kay sa paghihintay ng bantay sa umaga;**
**Oo, higit kay sa bantay sa umaga.**
**7 Oh Israel, umasa ka sa Panginoon;**
**sapagkat sa Panginoon ay may kagandahang-loob,**
**at sa Kaniya ay masaganang katubusan.**
**8 At kaniyang tutubusin ang Israel**
**sa lahat niyang kasamaan.**

**130:5-8** Ang istropang ito ay binibigyang-diin ang paksa ng pagtitiyaga ng matapat na mga taga-sunod sa

Diyos at pagtitiwala sa Kaniyang salita (cf. Awit 130:5). Ang konsepto ng "paghihintay sa pananampalataya" ay ipinahayag sa istropang ito ng dalawang mga salita.

1. BDB 875, KB 1082 – Awit 130:5 (dalawang beses) at ipinagpalagay sa Awit 130:6, cf. Awit 25:3,21; 27:14; 40:1; 56:7
2. BDB 403, KB 407 – Awit 130:5,7, cf. Awit 38:15; 42:5; 43:5

Ito ang lugar kung saan ang kapangyarihan ng Diyos ay namamagitan sa kinakailangang kusang pagtugon ng nalugmok na sangkatauhan. Ang mga matapat na taga-sunod ay piniling maghintay, umasa, magtiwala sa Diyos at Kaniyang mga pangako, kahit na kapag ang mga pangyayari at damdamin ay sumisigaw na kunin ang ibang landas!

**130:6** Ang talinghagang ito ng nananabik na pag-asa ay magkakatulad na Awit 42:1-2. Ang bayan ng Diyos ay nananabik sa Kaniya!

▣ **"kaluluwa"** Tingnan ang buong tala sa Genesis 35:18 sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

**130:7** Habang ang salmista ay nananabik, naghihintay, umaasa, at nagtitiwala kay YHWH, siya ngayon ay tumatawag sa bayan ng Diyos na magkakasamang tularan ang ginagawa niya.

Pansinin kung paano inilarawan si YHWH.

1. sa Kaniya ay kagandahang-loob (i.e., kasunduan, matapat na pag-ibig, tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*])
2. sa Kaniya ay "masaganang katubusan" (Awit 130:7c)
3. sa Kaniya (at walang-iba, cf. REB) ay katubusan (PANGNGALAN sa Awit 130:7 at PANDIWA sa Awit 130:8, tingnan ang Natatanging Paksa: Pangtubos/Katubusan) para sa lahat na nagtitiwala sa Kaniya (i.e., ang kasunduang bayan, tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan at Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH)

Tandaang ang biblikal na pananampalataya ay panglahat. Ito ay isang pamilya! Mag-ingat sa mga labis na makabagong pagbibigay-diin ng kanluran sa indibidwal. Ang kaligtasan ay may panglahat na pagtuon! Tayo ay iniligtas upang maglingkod. Ang layunin ng indibidwal na kaligtasan ay ang kalusugan at paglago ng katawan ng mga mananampalataya!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Anong mga damdamin ang dumating sa iyong isipan/puso pagkatapos mabasa ang Awit 130:1-4?
2. Ano sa palagay mo ang kahulugan ng "mga kalaliman"?
3. Ang Diyos ba ay nag-iingat ng isang talaan ng mga kasalanan?
4. Ang Awit 130:5-6 ba ay naglalarawan ng iyong nararamdaman tungkol sa Diyos at Kaniyang salita?

# AWIT 131

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagtitiwala sa Panginoo na Tulad ng isang Bata<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon, ni David | Payak na Pagtitiwala sa Panginoon | Pagkilos ng Mapagpakum-babang Pagpapasakop sa Kalooban ang Paggabay ng Diyos | Panalangin ng Mapagpa-kumbabang Patitiwala | Pagtitiwala tulad ng Bata |
| 131:1-3 | 131:1 | 131:1-2 | 131:1-3 | 131:1-3 |
| | 131:2 | 131:3 | | |
| | 131:3 | | | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakababahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 131:1-3**

**1 Panginoon, hindi hambog ang aking puso, ni mayabang man ang aking mga mata;**
**ni nagsasanay man ako sa mga dakilang bagay,**
**o sa mga bagay na totoong kagilagilalas sa akin.**
**2 Tunay na aking itiniwasay at itinahimik ang aking kaluluwa;**
**parang batang inihiwalay sa suso sa kaniyang ina,**
**ang kaluluwa ko ay parang inihiwalay na bata sa suso.**
**3 Oh Israel, umasa ka sa Panginoon**
**mula sa panahong ito at sa magpakailan pa man.**

**131:1 "Panginoon"** Ito ay ang pangkasunduang pangalan para sa pagka-Diyos ng Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣ **"puso"** Ito ay isang Hebreong wikain na tumutukoy sa isang tao. Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso.

▣ **"hindi mayabang"** Ang salmista ay inilalarawan kaniyang mapagpakumbabang pagtingin sa Diyos sa maraming mga parirala sa Awit 131:1-2.

1. hindi hambog (sa literal, "hindi itinaas") – BDB 146, KB 170, *Qal* GANAP
2. mayabang ang mga mata (sa literal, "akingmga mata hindi nakataas") – BDB 926, KB 1202, *Qal* GANAP
3. hindi nagsasanay (sa literal, "lakad," BDB 229, KB 246, *Piel* GANAP) ang sarili sa
   a. mga dakilang bagay (BDB 152)
   b. mga bagay na kagilagilalas (BDB 810, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kahanga-hangang Bagay) sa akin
4. itiniwasay ang aking kaluluwa – BDB 1000, KB 1436, *Piel* GANAP
5. itinahimik ang aking kaluluwa – BDB 198, KB 226, *Poel* GANAP

Ang mayabang at mapagmataas na tao ang tatanggap ng kapootan ni YHWH (cf. Awit 18:27; 101:5; Zephanias 3:11) dahil ito ay naghahayag ng mga bunga ng Pagkahulog sa Genesis 3. Ang kababaang-loob ay bunga ng ng isang espiritwal na pagbabalik-loob at pagtanggap sa kapahayagan ng Diyos.

Mayroong tunay na katanungan tungkol sa kung ano ang kahulugan ng paglalarawan sa #3.

1. payak na wikain ng kapakumbabaan
2. payak na wikain ng pagtitiwala
3. sinumang hindi nag-uusisa mga mga dakilang gawa ng Diyos
4. sinumang hindi nagpapalagay sa kapangyarihan ng Diyos
5. isang taong nalalamang ang kaniyang lugar sa pamamaraan ng mga bagay (cf. Awit 89:10)

**131:2** Ang salmista ay nagpapatuloy sa paglalarawan kaniyang mapagpakumbabang pag-uugali sa pamamagitan ng paglalarawan ng isang bata.

▣ **"kaluluwa"** Ito ay *nephesh* (BDB 659), isang daan, tulad ng "puso," ng tumutukoy sa buong tao. Tingnan ang buong tala sa Genesis 35:18 sa internet.

**131:3** Ang salmista ay gumagamit ng kaniyang sariling mapagpakumbabang puso at mapayapang pag-asa/pagtitiwala/patitiyaga (BDB 403, KB 407, *Piel* PAUTOS, cf. Awit 130:5,6,7) upang himukin ang pambansang Israel sa katulad na dako.

▣ **"mula sa panahong ito at sa magpakailan pa man"** Ang Hebreong wikain ay gumagamit ng tatlong mga salita nagsisimula sa "ע" (cf. Awit 113:2; 115:18; 121:8; 125:2).

1. BDB 773 – PANG-ABAY para sa kasalukuyang panahon (i.e., unang parirala)
2. BDB 723 III – PANG-UKOL
3. BDB 761 – PANGNGALAN, *'olam*, tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*)

# AWIT 132

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin para sa Pagpapala ng Panginoon sa Banal na Dako<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon | Ang Walang-hanggang Pananahan ng Diyos sa Sion | Paggunitang Liturhiya sa Pagpili ng Diyos sa Sion at ang Davidikong Dinastiya | Sa Pagpuri sa Templo | Sa Taunang Pagdiriwang ng Paglilipat ng Arko |
| 132:1-5 | 132:1-5 | 132:1-5 | 132:1-5 | 132:1-5 |
| 132:6-9 | 132:6-9 | 132:6-7 | 132:6-7 | 132:6-7 |
| | | 132:8-10 | 132:8-9 | 132:8-10 |
| 132:10-12 | 132:10 | | 132:10-12 | |
| | 132:11-12 | 132:11-12 | | 132:11-12 |
| 132:13-18 | 132:13-18 | 132:13-18 | 132:13-18 | 132:13-14 |
| | | | | 132:15-16 |
| | | | | 132:17-18 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ito ay maliwanag na isang Awit tungkol sa
   1. Mga pangako ng Diyos kay David sa 2 Samuel 7:12-16; 2 Cronica 6:16 (tingnan ang maikling pagtalakay ng "Davidikong Kasunduan" sa NIDOTTE, tomo 4, pp. 507-508)
   2. Ang pagpili ng Diyos sa Bundok Moriah bilang lugar para sa panananahan ng Kaniyag presensiya (cf. Deuteronomio 12:5,11,14,18, 21,26; 14:23-25; 15:20; 16:2,6,11,15; 17:8,10; 18:6; 26:2; 31:11, tingnan ang Natatanging Paksa: Moriah)

B. Ang mga bunga ng presensiya ng Diyos at ang pangkasunduang pagsunod ng Israel ay
   1. masaganang pagpalain ang kaniyang panustos, Awit 132:15
   2. upang tugunan ang kaniyang pagkagutom, Awit 132:15
   3. kagilagilalas na pagsamba, Awit 132:16
   4. itinaas na hari ng Diyos, Awit 132:17
   5. ang pagkawasak ng mga kaaway ng Davidikong hari, Awit 132:17

C. Para sa isang mabuting maikling pagtalakay ng teolohiya ng Sion, tingnan ang NIDOTTE, tomo 2, pp. 959 at 512.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 132:1-5**
**1 Panginoon, alalahanin mo para kay David**
**ang lahat niyang kadalamhatian;**
**2 Kung paanong sumumpa siya sa Panginoon,**
**at nanata sa Makapangyarihan ni Jacob:**
**3 Tunay na hindi ako papasok sa tabernakulo ng aking bahay,**
**ni sasampa man sa aking higaan,**
**4 Hindi ako magbibigay ng pagkakatulog sa aking mga mata,**
**o magpapaidlip man sa aking mga talukap-mata;**
**5 Hanggang sa ako ay makasumpong ng dakong ukol sa Panginoon,**
**ng tabernakulo ukol sa Makapangyarihan ni Jacob.**

**132:1 "alalahanin"** Ito ay isang PAUTOS na ginamit bilang isang panalangin. Ipinapakita ng Awit 25:6-7 shows ang paraan na ginamit ito.
1. Diyos, alalahanin ang Iyong di-nagbabagong katangian ng biyaya at kahabagan, Awit 25:6
2. Diyos, kalimutan ang aming kasalanan, Awit 25:7

▣ **"para kay David"** Kadalasang ang bayan ng Israel at kaniyang mga pinuno ay hinihingi sa Diyos na kahabagan sila dahil sa
1. Kaniyang mga pangako sa mga Magulang (i.e., Abraham, Isaac, at Jacob)
2. Kaniyang mga pangako kay David (cf. 2 Samuel 7; 2 Cronica 6:16)

▣ **"ang lahat niyang kadalamhatian"** Ito ay tila pagkabanggit sa mga pahayag ni David sa 2 Samuel 16:12, ngunit ito ay maaaring tumukoy sa mga paunang mga suliranin ni David sa pagdadala ng arko sa Herusalem (cf. 2 Samuel 6). Ang JPSOA ay isinasalin ito bilang "kaniyang sukdulang pagkamapagtiis," na na nauugnay sa pagkagamit nito sa Bilang 30:13 at 1 Cronica 22:14.

Ang LXX ay muling isinatinig ang MT (BDB 776 III, KB 853, *Pual* PAWATAS NA KAYARIAN) sa "kaniyang kababaang-loob" (isang PANGNGALAN, BDB 776, cf. Awit 45:4).

**132:2-5 "Kung paanong sumumpa siya sa Panginoon"** Ang panunumpang ito ay hindi nakatala sa mga pangkasaysayang aklat. Si David ay talagang
1. gumawa ng isang sumpa tungkol sa ang tabernakulo na dinadala sa Herusalem
2. hindi papasok sa kaniyang sariling tirahang dako (sa literal, "ang tolda ng aking tahanan") hanggang ang tabernakulo (i.e., ang tolda ni YHWH na pananahanan) ay makarating sa Herusalem
3. hindi matutulog (hayperboliko) hanggang dumating ang arko
4. ang Awit 132:5 ay inihayag ang kaniyang layunin (i.e., ang arko ng kasunduan at ang tabernakulo sa kaniyang kabisera, cf. Mga Gawa 7:46)

Ito ay maliwanag na ang #2 at #3 ay hayperboliko at ginamit sa isang pampanitikang anyo upang ipakita ang masidhing nilalayon!

**132:2 "Makapangyarihan ni Jacob"** Ang titulo (BDB 7 KAYARIAN BDB 784) para sa pagka-Diyos ng Israel ay unang ginamit sa Genesis 49:24, kung saan si Jacob ay pinagpala ang kaniyang mga anak, ang panghinaharap na mga angkan ng Israel. Ito rin ay ginamit sa Isaias 49:26 (pangako ng pangkalahatang katubusan) at 60:16, kung saan ito ay nauugnay sa iba pang mga titulo para kay YHWH.

1. Tagapagligtas (cf. Isaias 19:2; 43:3,11; 45:15,21; 63:8)
2. Manunubos (cf. Isaias 59:20; 63:16)

Ang NIDOTTE, tomo 1, p. 232, ay may nakakawiling pagpuna na ang PANG-URI na "makapangyarihan" ay may dalawang anyo.

1. sa orihinal ito ay tumutukoy sa kalakasan ng mga toro o mga mapapangis na baka
2. italaga sa kapangyarihan ni YHWH

**132:5** Ito ay hindi tumutukoy sa pagnanais ni David na itayo ang isang palagiang templo (cf. 1 Mga Hari 8:17; 1 Cronica 22:7) ngunit sa pagdadala ng arko, kasama ang palipat-lipat na arko (i.e., tabernakulo sa yugto ng exodo) sa kaniyang kabisera, Herusalem (cf. 2 Samuel 6).

▣ **"dako"** Ito ay PANGMARAMIHAN sa MT at maaaring isang pang-gramatikong paraan ng pagpapakilala ng kahalagahan, tulad ng "isang napakainam na dakong tirahan."

Sa ibang mga konteksto, ang ito termino sa PANGMARAMIHAN ay nagpapakilala ng lahat na mga gusali na nakapaloob sa templo (cf. Awit 43:3; 46:4; 84:1).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 132:6-9**

**[6]Narito, narinig namin ito sa Ephrata:**
**aming nasumpungan sa mga parang ng gubat.**
**[7]Kami ay magsisipasok sa kaniyang tabernakulo;**
**kami ay magsisisamba sa harap ng kaniyang tungtungan.**
**[8]Bumangon ka, Oh Panginoon, sa iyong pahingahang dako:**
**ikaw, at ang kaban ng iyong kalakasan.**
**[9]Magsipagsuot ang iyong mga saserdote ng katuwiran;**
**at magsihiyaw ang iyong mga banal dahil sa kagalakan.**

**132:6 "Ephrata"** ay isang lugar sa Judah na tumutukoy sa pinahabang pamilya ni David (cf. Ruth 4:11). Gayunman, Ang Bethlehem ay hindi ang kinalalagyan ng arko. Narinig lamang nila ang tungkol sa pangako ng Hari (cf. Awit 132:2) na dalhin ang arko sa Herusalem.

▣ **"parang ng gubat"** Ito ay isang sanggunian sa Kiriath-Jearim (cf. 1 Samuel 7:1; 1 Cronica 13:1-8), kung saan ang arko ay namalagi sa isang pribadong tahanan sa loob ng dalawampung taon bago ito dalhin sa Herusalem. "Jaar" ay ang PANG-ISAHAN na anyo ng "Jearim."

▣ **"ito"** Ito ay isang PAMBABAENG hulapi, habang "ang arko" ay PANLALAKI, kaya ito ay maaaring tumukoy sa pangako ni David (NIDOTTE, tomo 3, p. 736; AB, p. 244) na nabanggit sa Awit 132:2.

Ang NEB (p. 1000) ay binabanggit ang katotohanan na di kukulang ng dalawang pagkakataon, ang "arko" ay PAMBABAE (i.e., 1 Samuel 4:17; 2 Cronica 8:11). Yamang ang Awit na ito ay may maraming sinaulang salita at anyo, ito ay maaaring tumugon sa suliranin ng kasarian.

**132:7** Kapwa MGA PANDIWA ay PANG-PANGKAT PANGMARAMIHAN at tumutukoy sa isang paglalakbay sa templo ni YHWH.

▣ **"tungtungan"** Kapwa sina David (cf. 1 Cronica 28:2) at Solomon (1 Mga Hari 8:27) ay kinikilala na ang templo ay hindi ang tunay ng dako ng pananahan ng Diyos ng paglalang. Sinimulan ni David na tawagin ang lugar sa pagitan ng mg pakpak ng *Cherubim* sa ibabaw ang kahabagan luklukan (takip ng arko) ang lugar kung saan ang langit at lupa, ang di-nakikita at nakikita, ang walang-hanggang at pansamantala, ay nagtatagpo (cf. Exodo 25:22)! Tinawag niya itong tungtungan ni YHWH" (cf. Isaias 66:1; tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Arko ng Kasunduan); tingnan din ang Awit 99:5.

Ang paglalarawan ng pagka-Diyos na may paanan ay bahagi ng mga hangganan ng pantaong talasalitaan o bokabularyo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Diyos na Inilalarawan bilang Tao (antropomorpismo).

**132:8 "Bumangon"** Ito PANDIWA (BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS) ay na ginamit sa Bilang 10:35 at 2 Cronica 6:41 sa ay nagpapakilala YHWH rising mula sa Kaniyang luklukan sa go before Kaniyang bayan sa fight on kanilang kapakanan (cf. Awit 3:7; 7:6; 9:19; 10:12; 44:26; 74:22; 82:8).

Ang talatang ito at Awit 132:9 ay tila isang pagkabanggit sa pagtatalaga ni Solomon ng bagong templo sa 2 Cronica 6:41.

▣ **"Iyong pahingahang dako"** Si YHWH ay inilalarawan sa mga pantaong termino dahil walang ibang talasalitaan ang nakahanda para sa mga may-akda ng Bibliya (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Diyos na Inilalarawan bilang Tao (antropomorpismo). Ang arko ng kasunduan at, sa gayong paraan, si YHWH mismo, ay nagngangailangan/nagnanais ng isang pisikal na dako para sa dito/Kaniya na manahan/magpahinga (cf. 1 Cronica 6:31; 28:2; 2 Cronica 6:41; Awit 132:8,14; Isaias 11:10; 66:1). Tandaang, ang antropomorpikong paglalarawan ay hindi nagpapakilala ng hangganan ng Diyos ngunit sa kakayahan ng tao na maunawaan ang Diyos ng panahon at kalawakan (i.e., pisikal na paglalang).

Isang bagong aklat ni John Walton, *The Lost World of Genesis One*, ay gumagamit ng mga kosmolohiya ng ANE upang ipakita na ang Genesis 1 ay tala ni YHWH sa pagbuo ng isang kosmikong templo (i.e., ang mundo) bilang isang lugar ng kapahingahan (cf. Genesis 2:1-3).

Ang Hebreo 3:7 hanggang 4:13 (cf. Awit 95:7-11) ay naglalaman ng isang paglalaro sa salitang "pahinga" na tumutukoy sa tatlong magkakaibang bagay.

1. ika-pitong araw ng paglalang mula sa Genesis 2:2 sa Hebreo 4:3,4,10
2. ang ipinangakong lupain mula sa Mga Bilang 13-14 sa Hebreo 3:11,18; 4:8
3. eskatolohikong kalangitan

Ang "Kapahingahan" ay kapwa isang kaunawaan ng kapayapaan at isang ninanais na dako ng pagsasama (cf. Awit 62:1; Isaias 63:14; Jeremias 31:2).

**132:9** Ang talatang ito ay may dalawang MGA DI-GANAP na ginamit bilang MGA PANGKAUTUSAN.

1. magsipagsuot – BDB 527, KB 519, *Qal*
2. magsihiyaw sa kagalakan – BDB 943, KB 1247, *Piel*

Ito ay di-tiyak kung mayroong dalawang pangkat na nabanggit (i.e., mga saserdote at mga sumasamba) o isang pampanitikang pagkakaagapay.

Sa Job 20:14, si Job ay inilalarawan ang kaniyang sarili bilang dinamitan ng katuwiran. Ito ay di-tiyak kung ito ay nangangahulugan na may kaugnayan sa mga saserdoteng ito. Maaaring sila ay nagpapakilala ng ng katangian at mga kapahayagan ni YHWH sa kanilang pamumuno, mga pamumuhay, mga gawain, at mga tungkulin.

Ang talatang ito ay nagpapakilala ng pampista at nakakasindak ng martsa ng arko ng dinadalay ng mga saserdoteng may natatanging damit at mga umaawit na Levita.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 132:10-12**

**10 Dahil sa iyong lingkod na kay David**
**huwag mong ipihit ang mukha ng iyong pinahiran ng langis.**
**11 Ang Panginoon ay sumumpa kay David**

**sa katotohanan, hindi niya babaligtarin:**
**ang bunga ng iyong katawan ay aking ilalagay sa iyong luklukan.**
**12 Kung iingatan ng iyong mga anak ang aking tipan.**
**At ang aking patotoo na aking ituturo,**
**magsisiupo naman ang kanilang mga anak sa iyong luklukan magpakailan man.**

**132:10-12** Ang istropang ito ay tiyak na pagkabanggit sa 2 Samuel 7. Pansinin ang may pasubaling sangkap ng Awit 132:12 na nauugnay sa bawat indibidwal na supling ngunit ang mas malawak layunin ng Diyos ay inihayag sa 2 Samuel 7:14-16.

Pansinin ang paglalaro ng tunog ng mapakaraming MGA PANDIWA ng Awit 132:10-12 na nagsisimula sa שׁ.

1. huwag ipihit – BDB 996, KB 1427, *Hiphil* PANGKAUTUSAN
2. ay sumumpa – BDB 989, KB 1396, *Niphal* GANAP
3. hindi Niya babaliktarin – katulad na ugat bilang #1 ngunit *Qal* DI-GANAP
4. aking ilalagay sa iyong luklukan – BDB 1011, KB 1483, *Qal* DI-GANAP
5. Kung iingatan ng iyong mga anak ang aking kasunduan – BDB 1036, KB 1581, *Qal* DI-GANAP (pansinin ang may pasubaling aspeto, cf. 1 Mga Hari 9:4-9; Awit 89:30-45)

**132:10 "Iyong pinahiran ng langis"** Ito ay ang terminong (BDB 603) kung saan nagmula ang titulong "Mesias." Tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias.

**132:12 "kasunduan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan.

▣ **"patotoo"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

**132:11 "Ang Panginoon ay sumumpa kay David"** Gaya ng pagsumpa ni David sa Awit 132:2, ngayon si YHWH ay tumugon sa Kaniyang sariling panunumpa. Ang panunumpang ito ay ay kilala bilang ang Davidikong kasunduan (cf. 2 Samuel 7; Awit 89:3,35).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 132:13-18**
**13 Sapagkat pinili ng Panginoon ang Sion;**
**kaniyang ninasa na pinaka tahanan niya.**
**14 Ito'y aking pahingahang dako magpakailan man.**
**Dito ako tatahan; sapagkat aking ninasa.**
**15 Aking pagpapalain siyang sagana sa pagkain;**
**aking bubusugin ng pagkain ang kaniyang dukha.**
**16 Ang kaniya namang mga saserdote ay susuutan ko ng kaligtasan:**
**at ang kaniyang mga banal ay magsisihiyaw ng malakas sa kagalakan.**
**17 Doo'y aking pamumukuhin ang sungay ni David:**
**aking ipinaghanda ng ilawan ang aking pinahiran ng langis.**
**18 Ang kaniyang mga kaaway ay susuutan ko ng kahihiyan:**
**ngunit sa kaniya'y mamumulaklak ang kaniyang putong.**

**132:13-18** Ang istropang ito ay inilalarawan ang mga bagay na ginawa (Awit 132:13-14) at gagawin (Awit 132:15-18) ni YHWH.

1. Pinili Niya ang Sion (tingnan ang Natatanging Paksa: Sion), Awit 132:13-14
2. Kaniyang pagpapalaing masagana (MARIING PAWATAS NA LUBUSAN at DI-GANAP PANDIWA ng katulad na ugat, BDB 138, KB 159), Awit 132:15a

3. Siya ay magkakaloob ng pagkain, Awit 132:15b
4. ang mga saserdote ng tempo ay magiging maka-Diyos na tao, Awit 132:16 (cf. 1 Cronica 6:41)
5. ang mga sumasamba sa templo (cf. Awit 4:3 o mga Levita) ay aawit nang malakas na may kaligayahan (MARIING PAWATAS NA LUBUSAN at DI-GANAP PANDIWA ng katulad na ugat, BDB 943, KB 1247), Awit 132:16 (cf. 1 Cronica 6:41)
6. Kaniyang itatag ang dinastiya ni David sa Herusalem, Awit 132:17
7. Dadaigin Niya ang mga kaaway ng Israel, Awit 132:18

**132:16** Dahil sa mga pagkakaagaway ng istropang ito, maaaring ang "mga saserdote" (o mga Levita) ay ipinapahayag sa kapwa linya ng talatang ito.

**132:17 "ang sungay ni David"** Ang sungay ay isang Hebreong wikain ng kapangyarihan at palagian (cf. Lucas 1:69).

▣ **"pamumukuhin"** Ang PANDIWA (BDB 855, KB 1033, *Hiphil* DI-GANAP) ay maaaring nauugnay sa ang paglalarawan ng natatanging Davidikong Hari na tinawag na "Ang Sanga." Tingnan ang:
1. Natatanging Paksa: Hesus ang Nazareno
2. buong tala sa Isaias 11:1 sa internet
3. NIDOTTE, tomo 3, p. 75

Ang ugat para sa "putong o korona" ay נזר, na nagpapakilala
1. isang putong (PANGNGALAN, BDB 634)
2. sa consecrate (PANDIWA, BDB 634)
3. Sanga (isang titulo ng Mesias)

▣ **"ilawan ang aking pinahiran ng langis"** Ito ay isang partikular na pagkagamit ng liwanag ng paglalarawan na tumutukoy, hindi sa kapahayagan (i.e., Awit 18:28; 119:105; Kawikaan 6:23) ngunit sa isang Davidikong supling sa luklukan ng Israel (cf. 1 Mga Hari 11:36; 15:4; 2 Mga Hari 8:19; 2 Cronica 21:7). Sa 2 Samuel 21:17, ito ay tumutukoy kay David mismo.

# AWIT 133

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kagalingan ng Pagkakaisa ng Kapatiran<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon, ng David | Pinagpalang Pagkakaisa ng Bayan ng Diyos | Ang Kaligayahan ng Pagka-kakasundo ng Pamilya | Sa Purihin ng Namumuhay sa Kapayapaan | Pag-ibig ng Kapatiran |
| 133:1-3 | 133:1 | 133:1-3 | 133:1-3 | 133:1 |
| | 133:2-3 | | | 133:2-3 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang maikling Awit ay mahirap ipaliwanag dahil ang paglalarawan nito ay hindi umaakmang magkakasaman.
   1. mga magkakapatid – Aaron
   2. Hermon – Sion

B. Ang teolohikong layunin at pangkasaysayang yugto ng Awit na ito ay walang nakakaalam. Ang ilan ay nakikita na nauugnay sa
   1. araw ni David (dahil sa titulo ng MT) nang ang Israel at Judah ay muling nagkaisa (cf. 2 Samuel 5, i.e., ang Nagkakaisang Kaharian)
   2. ang yugto pagkatapos ng pagpapatapon noong ang Israel (Mt. Hermon) at Judah (Mt. Sion) ay muling nagkaugnay (i.e., utos ni Cyrus, 538 B.C.)
   3. isang Awit na ay nagpapahayag ng karaniwang pagsasama ng lahat ng mga antas ng Pang-hudyong lipunan (i.e., natatanging pagpapahid ng langis na dumadaloy sa balbas ni Aaron patungo sa "lahat" ng kaniyang kasuotan)

4. isang paraang ng paghahayag ng pagnanais ng Diyos para sa lahat na Kaniyang bayan na maranasan ang
   a. masaganang buhay ngayon
   b. walang-hanggang buhay balang-araw
5. lahat ng mga pagpapala "na bumama" (ginamit nang 3 beses – BDB 432, KB 434, *Qal* MGA PANDIWARI) mula sa Diyos
   a. kasunduang bayan (mga kapatiran)
   b. pagkakaisa (kasuotan ni Aaron)
   c. mga pagpapala (i.e., hamog)
   d. walang-hanggang buhay (Awit 133:3c)

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 133:1-3**
**1 Masdan ninyo, na pagkabuti at pagkaligaya**
**sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa!**
**2 Parang mahalagang langis sa ulo,**
**na tumutulo sa balbas,**
**sa makatuwid baga ay sa balbas ni Aaron.**
**Na tumulo sa laylayan ng kaniyang mga suot;**
**3 Gaya ng hamog sa Hermon,**
**na tumutulo sa mga bundok ng Sion:**
**sapagkat doon pinarating ng Panginoon ang pagpapala,**
**sa makatuwid baga ay ang buhay na magpakailan pa man.**

**133:1 "na pagkabuti at pagkaligaya"** Ang mga ito ay MGA PANG-URI (BDB 373 II at BDB 653 I) na naglalarawan ng nilalayong karanasan ng mga tao na nilikha sa larawan ng Diyos na maging isang komunidad.

▣ **"mga magkakapatid"** Ang eksaktong pinatutungkulan nito ay di-tiyak, tingnan ang mga Kontekstuwal na Kaunawaan, B.

▣ **"nagsitahan"** Ang PANGNGALAN (BDB 443 I) ay nauugnay sa PANDIWA (DB 442) na nangangahulugang "umupo" (i.e., isang pagsasamng hapag), "manatili" (i.e., kasamang mamalagi), o "manahan" (i.e., isang lugar upang mamuhay). Ito ay maaaring literal o talinghaga dito.

**133:2**
**NASB, NKJV,**
**NRSV "ang mahalagang langis"**
**TEV "ang mahalagang ipinahid na langis"**
**NJB, JPSOA "isang mainam na langis"**
**REB, LXX "mabangong langis"**

Ang PANG-URI (BDB 373 II) ay katulad ng isa na ginamit sa Awit 133:1 (i.e., "mabuti").

Ang PANGNGALAN na "langis" (BDB 1032) ay maaaring mangahulugang "taba" o "langis ng olibo." Dahil sa pagkabanggit ng pagpapahid ng langis kay Aaron sa Awit 133:2c-d, ito ay tumutukoy sa kaniyang natatanging pagpapasinayang pag-aatas ng paglilingkod(cf. Exodo 29:7; 30:25,30; Levitico 8:12; 21:10).

Ang Mataas ng Saserdote ng Israel ay kapwa isang larawang pang-templo at eskatolohikong pang-Mesias na larawan (cf. Zacarias 3-4). Samakatuwid, siya ay sumasagisag ng

1. pagkakaisa ng bayan ng Diyos sa OT

2. ang pagkakaisa ng lahat ng taong nilikha sa larawan ng Diyos

▣

**NASB, NKJV "laylayan ng kaniyang mga suot"**
**NRSV, TEV,**
**NJB, JPSOA "sa itaas ng kuwelyo ng kaniyang suot"**
**REB "ang kuwelyo ng kaniyang mga kasuutan"**
**LXX "sa palawit ng kaniyang damit"**

Ang kahulugan ng PANGNGALAN (BDB 804) ay ang isyu ng pagpapaliwanag. Sa literal, ito ay nangangahulugang "bibig." Ito ay tumutukoy dito sa Exodo 28, na ay nagpapakilala isang natatanging kuwelyo ng kasuotan/ephod na hindi mapupunit (i.e., isang Hebreong simbolo ng dalamhati). Ang nagpapaliwanag na katanungan ay "gaano karaming langis ang ginamit?" Ito ba ay isang simbolo ng pagkakaisa (i.e., umaagot sa lahat na kaniyang pagsaserdoteng kasuotan)? Ang Awit bang ito tungkol sa ang pagkakaisa ng mga pangkat ng mga Israelita/mga Hudyo o lahat ng sangkatauhan (i.e., Awit 133:3c)?

Isang tala lamang, mayroong dalawang maaaring ugat na kinuha mula sa salitang "kwelyo."

1. damit, kasuotan – מד (BDB 551)
2. panukat – מדד (BDB 551)

**133:3** Paanong nauugnay ang Bundok Hermon Bundok Sion?

1. pagkakaisa ng Ipinangakong Lupain
2. pagkakaisa ng mga angkan ng Israel
3. pagkakaisa ng lahat ng tao sa isang eskatolohikong kalalagayan (i.e., ang Awit 133:3 ba ay nangangahulugang "buhay" dito at ngayon o "buhay" sa isang eskatolohikong kalalagayan?)

▣ **"hamog sa Hermon"** Ang hamog ng pinakamataas ng bundok na ito, madalaing makikita mula sa hilagang Israel, ay napakabigat at naging isang wikain para sa kasaganahan. Ang Bundok Sion, kasama ang mga pagpapala ni YHWH sa kanilang pagkakaisa, ay katulad ng masaganang kahalumigmigan.

▣ **"magpakailan pa man"** Ang Hebreong termino (BDB 761, tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman [*'olam*]) ay kailangang maipaliwanag sa isang partikular na konteksto. Ang teolohikong isyu ay kinapapalooban ng OT na kaunawaan ng isang maaaring kabilang buhay. Walang pagduruda sa progresibong kapahayagan (i.e., ang NT) ang Bible bilang isang buong maliwanag na nagpapatibay ng katotohanang ito, ngunit ginawa ba sa OT? Sa aking palagay, ay ganyang nga (i.e., Job 14:14-15; 19:25-27) ngunit hindi palagi (i.e., Awit 23:5; 27:4-6). Gayunman, kahit na sa OT, mayroong pahiwatig ng pag-asa.

1. sina Enoch (Genesis 5:24) at Elias (2 Mga Hari 2) ay kinuha patungong langit
2. sa mga Awit, cf. Awit 1:3; 49:15; 73:24
3. sa Isaias, cf. Isaias 26:19
4. sa Daniel, cf. Daniel 12:1-4

# AWIT 134

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mga Pagbati ng mga Nagbabantay sa Gabi<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng Pag-ahon. | Pinupuri ang Panginoon sa Kaniyang Tahanan sa Gabi | Liturhiya ng Pagpapala | Panawagan sa Pagpuri sa Diyos | Para sa Liturhiya ng Gabi |
| 134:1-3 | 134:1-2 | 134:1-2 | 134:1-2 | 134:1-2 |
| | 134:3 | 134:3 | 134:3 | 134:3 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 134:1-3**
**[1]Narito, purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na lingkod ng Panginoon.**
**Ninyong nagsisitayo sa kinagabihan sa bahay ng Panginoon.**
**[2]Itaas ninyo ang inyong mga kamay sa dakong santuario,**
**at purihin ninyo ang Panginoon.**
**[3]Pagpalain ka nawa ng Panginoon mula sa Sion;**
**sa makatuwid baga ay niyaong gumawa ng langit at lupa.**

**134:1 "purihin"** Ang PANDIWA (BDB 138, KB 159) ay makikita ng tatlong beses sa maikling Awit na ito.
1-2. *Piel* PAUTOS – Awit 134:1,2
3. *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan – Awit 134:3

Ang KASINGKAHULUGAN (BDB 80) ay makikita ng madalas sa mga Awit. Tingnan ang buong tala sa Awit 1:1. Para sa terminong ito (BDB 139), tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapala (OT). Sa Awit 1:1, ito ay ang matapat na taga-sunod na pinagpala, dito ito ang Diyos ng Israel (tingnan ang Natatanging

Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel).

▣ **"lahat na lingkod ng Panginoon"** Ito ay nagpapakilala ng may kamalayang paglalang (i.e., mga anghel, mga tao, maaaring ibang antas ng mga espiritwal na nilalang, tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Anghel sa mga Sulat ni Pablo). Isang mabuting pagkakaagapay sa ito konsepto ay (1) ang Awit 103:19-22, kung saan ang katulad na PANDIWA ay ginamit nang tatlong beses para sa pang-anghel na mundo; (2) Awit 135:1-4, kung saan ang tatlong "mga pagpupuri" (BDB 237, KB 248, *Piel* PAUTOS) ay ginamit sa mga saserdote at mga Levita.

Mayroong limang iba't-ibang uri ng mga lingkod sa templo.

1. mga saserdote
2. mga Levita
3. mga mang-aawit
4. mga tanod ng pintuang-bayan
5. ang mga pinakamababang lingkod (tingnan ang NIDOTTE, tomo 3, pp. 203-204)

▣ **"Ninyong nagsisitayo sa kinagabihan sa bahay ng Panginoon"** Ito ay nabanggit muli sa Awit 135:1-4. Ito ay tumutukoy sa mga supling ng pamilya ni Levi mula kay Aaron na naglingkod sa templo sa Herusalem (sa literal, "tumayo," BDB 763, KB 840, na mariing nagpapahiwatig ng mga saserdote o mga Levita ng templo). Ang PARIRALANG PANG-UKOL, "sa gabi" (BDB 538) ay nangangahulugang "buong araw," hindi lamang sa kanilang nagbabantay sa gabi (cf. 1 Cronica 9:33).

Mayroong pagkakaagapay ng parirala sa Awit 135:2 na nagdaragdag ng karagdagang naglalarawang parirala (i.e., LXX, NJB).

**134:2 "Itaas ninyo ang inyong mga kamay sa dakong santuario"** Ang PANDIWA (BDB 669, KB 724, *Qal* PAUTOS) ay nagpapakilala ng mga pagkilos ng mga saserdote. Sa Bilang 6:24-26; Levitico 9:2, kanilang pinagpala (BDB 138, KB 159) ang mg atao sa pamamagitan ng pagtataas ng kanilang mga kamay, ngunit dito, sila ay "pinagpapala" ni YHWH na tumutira sa Kaniyang templo sa pagitan ng mga pakpak ng *Cherubim* sa ibabaw ng "Luklukan ng Kahabagan" sa pinakabanal na dako.

Ang pariralang "pagtataas ng kamay" ay tumutukoy sa maraming magkakahiwalay na bagay.

1. panunumpa – cf. Genesis 14:22; Exodo 6:8; Bilang 14:30; Awit 106:26; Ezekiel 20:5 (implied sa Ezra 10:5)
2. pagkilos ng paghihimagsik – 2 Samuel 20:21
3. para sa pagpapala – Levitico 9:22; Awit 134:2; Lucas 24:50; 1 Timoteo 2:8
4. tanda ng mga pagkilos ni YHWH – Awit 10:12; Mikas 5:9
5. ang pagkumpas ay isang pangkalahatang paraan na tumutukoy sa panalangin – Exodo 9:29,33; 1 Mga Hari 8:22,38-39; Ezra 9:5; Awit 28:2; 63:4; 141:2; 1 Timoteo 2:8

Ang Rotherham's Emphasized Bible ay isinasalin ang "santuario" sa isang daan na tumutukoy sa mga saserdote mismo (i.e., itaas ang iyong mga kamay sa kabanalan, cf. Levitico 21:6; 2 Cronica 23:6; Ezra 8:28). Tingnan ang Natatanging Paksa: Banal.

**134:3a** Ang linya ng panulaan ay nagpapakita ng tugunang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng pagpapala kay YHWH (i.e., panambahan) at Siya na nagpapala (BDB 138, KB 159, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan) sa Kaniyang kasunduang bayan (cf. Awit 128:5).

▣ **"Sion"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Sion.

**134:3b** YHWH ay maipapakilala bilang manlilikha (cf. Awit 115:15; 121:2; 124:8; 134:3; 136:5; 146:6). Ang pangwakas na parirala ay may pahiwatig sa teolohikong layunin ng Awit 134:1, na ang "mga lingkod" kinapapalooban ng kapwa di-nabubuhay at nabubuhay na nilalang.

# AWIT 135

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Purihin ang mga Dakilang Gawa ng Panginoon. Kawa-lang-saysay ng mga Idolo<br>Walang Panimula sa MT | Purihin ang Diyos sa Paglilikha at Pagtutubos | Imnong Nagpupuri sa Panginoon sa Kaniyang mga Makapangyarihang Gawa | Isang Imno ng Pagpuri | Imno ng Pagpuri |
| 135:1-4 | 135:1a | 135:1-4 | 135:1-4 | 135:1a |
| | 135:1b-4 | | | 135:1b-2 |
| | | | | 135:3-4 |
| 135:5-7 | 135:5-7 | 135:5-7 | 135:5-7 | 135:5-6 |
| | | | | 135:7 |
| 135:8-18 | 135:8-12 | 135:8-12 | 135:8-12 | 135:8-9 |
| | | | | 135:10-12 |
| | 135:13-14 | 135:13-14 | 135:13-14 | 135:13-14 |
| | 135:15-18 | 135:15-18 | 135:15-18 | 135:15-16 |
| | | | | 135:17-18 |
| 135:19-21 | 135:19-21b | 135:19-21 | 135:19-21b | 135:19-20 |
| | | | | 135:21a-b |
| | 135:21c | | 135:21c | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay nagsisimula at nagwawakas sa
   1. purihin – BDB 237, KB 248, *Piel* PAUTOS, Awit 135:1 (tatlong beses), 3a, 21c

2. magsiawit – BDB 274, KB 273, *Piel* PAUTOS, Awit 135:3b
3. purihin – BDB 138, KB 159, *Piel* PAUTOS, Awit 135:19 (dalawang beses), 20 (dalawang beses)

B. Si YHWH ay pupurihin/pasasalamatan/aawitan sa dahil sa
   1. katangian
      a. Siya ay mabuti, Awit 135:3 (cf. Awit 147:1)
      b. Siya ay maligaya, Awit 135:3 (cf. Awit 27:4; 147:1)
      c. Siya ay dakila, Awit 135:5 (cf. Awit 48:1; 145:3)
      d. Siya ay higit sa lahat ng mga diyos, Awit 135:5 (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo)
      e. Kaniyang pangalan ay magpakailan man, Awit 135:13a (cf. Exodo 3:15)
      f. Kaniyang alaalal ng Kaniyang mga pangako ay tiyak, Awit 135:13b
   2. mga gawa para sa Israel
      a. pinili si Jacob/Israel, Awit 135:4 (cf. Deuteronomio 7:6; 10:15)
      b. soberano/makapangyarihan, Awit 135:6 (cf. Awit 115:3; Ecclesiastes 8:3; Isaias 46:8-10)
      c. pinipigil ang tubig, Awit 135:7 (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Tubig)
      d. pinalaya ang Israel mula sa Ehipto, Awit 135:8-9 (cf. Awit 136:10-15)
      e. kinupkop ang Israel sa yugto ng paglalagalag, Awit 135:10-11 (cf. Awit 136:16-22)
   3. ang Kaniyang mga gawa sa Israel
      a. pinili sila, Awit 135:4
      b. hinatulan sila, Awit 135:14
         (1) para sa kanilang kasalanan (cf. Hebreo 10:26-31)
         (2) o sa kanilang kapakanan laban sa mga bansa (cf. Deuteronomio 32:36)
      c. ngunit magpapatawad (cf. Deuteronomio 32:26)

C. Ang Awit na ito ay ibinibilang ang isang istropa sa kahangalan ng pagsamba sa diyus-diyosan (cf. Awit 135:14-18). Siya at Siya lamang ang Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo). Ang istropang ito ay katulad sa Awit 115:4-8 (tingnan din ang Exodo 20:23; Deuteronomio 4:28; 29:17).

D. Marami/karamihan ng parirala ng Awit na ito ay matatagpuan sa ibang mga teksto ng Banal na Kasulatan. Ang petsa ng Awit ay di-tiyak (i.e., sumipi ba ito o sinipi ito?).

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 135:1-4**

**1 Purihin ninyo ang Panginoon.**
**Purihin ninyo ang pangalan ng Panginoon;**
**purihin ninyo siya, Oh ninyong mga lingkod ng Panginoon:**
**2 Ninyong nagsisitayo sa bahay ng Panginoon.**
**Sa mga looban ng bahay ng ating Diyos.**
**3 Purihin ninyo ang Panginoon; sapagkat ang Panginoon ay mabuti:**
**magsiawit kayo ng mga pagpuri sa kaniyang pangalan; sapagkat maligaya.**
**4 Sapagkat pinili ng Panginoon para sa kaniya si Jacob,**
**at ang Israel na kaniyang pinakatanging kayamanan.**

**135:1c-2** Ang mga pariralang ito ay tumutukoy sa mga saserdote. Tingnan ang mas buong tala sa Awit 134:1.

**135:1 "Purihin"** Ito ang Hebreong terminong "Hallelujah." Pansining ang pangalan para sa pagka-Diyos ng Israel ay ang dinaglat na YHWH—Yah (Awit 135:1,3,4,21), na binubuo ang hulihang ng papuri (sa literal, Purihin ang Panginoon).

▣ **"ang pangalan ng Panginoon"** Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

**135:4 "na kaniyang pinakatanging kayamanan"** Ang Israel ay natatanging pinili ni YHWH (cf. Exodo 19:5-6; Deuteronomio 7:6; 14:2; 26:18; Isaias 43:21; Mal. 3:17; 1 Pedro 2:9) na naghahayag ng Kaniyang sarili sa mga bansa (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 135:5-7**

**5 Sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay dakila,**
**at ang ating Panginoon ay higit sa lahat na diyos.**
**6 Anomang kinalugdan ng Panginoon, ay kaniyang ginawa,**
**sa langit at sa lupa, sa mga dagat, at sa lahat ng mga kalaliman.**
**7 Kaniyang pinailanglang ang mga singaw na mula sa mga wakas ng lupa;**
**kaniyang ginagawa ang mga kidlat na ukol sa ulan;**
**kaniyang inilalabas ang hangin mula sa kaniyang mga ingatang-yaman.**

**135:5 "nalalaman ko"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Malaman.

▣ **"Panginoon"** Ito ang Hebreong *Adon*, na nangangahulugang "amo," "may-ari," "asawang lalaki," o "Panginoon." Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣ **"ang ating Panginoon ay higit sa lahat na diyos"** Si YHWH ay ang tanging Diyos (cf. Exodo 18:11; Awit 95:3; 96:4; 97:9, tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo). Makikita dito nang napaka liwanag ang pagiging bukod ng Israel! Siya lamang ang tanging monoteistikong bansa ng ANE.

**135:6 "sa langit at sa lupa, sa mga dagat"** Ito ay karaniwang wika para sa paglalang (i.e., planetang ito, cf. Exodo 20:11; Nehemiah 9:6; Awit 69:34; 96:11; 146:6; Haggai 2:6). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kalangitan.

▣ **"ang mga dagat. . .lahat na mga kalaliman"** Ang mga ito maaaring magkasingkahulugan o ang una sa pagpipigil ni YHWH ng (1) pang-agrikulturang tubig at (2) tubig bilang isang sandala (i.e., kidlat, mga pagbaha, mga salot, atbp.). Ang pangalawa ay maaaring tumukoy sa paglalarawan ng mitolohiya ng ANE ni YHWH sa pagdaig ng kaguluhan ng tubig (cf. Ps 65:5-7; 89:9-10; Job 26:12-13; Isaias 51:9-10).

**137:7 "Kaniyang mga ingatang-yaman"** Ang Hebreong PANGNGALAN ay nangangahulugang "pananalapi" o "imbakan." Ang OT ay kadalasang gumagamit ng paglalarawan ng mga palatandaan ng panahon (i.e., ulang may yelo, niyebe, hangin, kidlat, ulan/baha) na tinago sa mga imbakan ng langit na gagamitin ni YHWH, hindi si *Ba'al*.

1. Deuteronomio 28:12
2. Job 38:22
3. Awit 33:7
4. Jeremias 10:13; 51:16

Si YHWH ang namamahala sa mga pwersa ng kalikasan para sa Kaniyang mga layunin (cf. Levitico

26:4-5,9,16,19,22,26; Deuteronomio 27:3; 28:4- 5,8,11,12,17-18,22,24,38-42).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 135:8-18**

**8 Na siyang sumakit sa mga panganay sa Egipto,**
**sa tao at gayon din sa hayop.**
**9 Siya ay nagsugo ng mga tanda at mga kababalaghan sa gitna mo, Oh Egipto,**
**kay Faraon, at sa lahat niyang mga lingkod.**
**10 Na siyang sumakit sa maraming bansa,**
**at pumatay sa mga makapangyarihang hari;**
**11 Kay Sehon na hari ng mga Amorrheo,**
**at kay Og na hari sa Basan,**
**at sa lahat ng mga kaharian ng Canaan:**
**12 At ibinigay ang kanilang lupain na pinakamana,**
**isang pinakamana sa Israel sa kaniyang bayan.**
**13 Ang iyong pangalan, Oh Panginoon, ay magpakailan man;**
**ang alaala sa iyo, Oh Panginoon, ay sa lahat ng sali't saling lahi.**
**14 Sapagkat hahatulan ng Panginoon ang kaniyang bayan,**
**at magsisisi tungkol sa kaniyang mga lingkod.**
**15 Ang mga diosdiosan ng mga bansa ay pilak at ginto,**
**na gawa ng mga kamay ng mga tao.**
**16 Sila ay may mga bibig, ngunit hindi sila nangagsasalita;**
**mga mata ay mayroon sila, ngunit hindi sila nangakakakita;**
**17 Sila ay may mga tainga, ngunit hindi sila nangakakarinig;**
**at wala mang anomang hinga sa kanilang mga bibig.**
**18 Silang nagsisigawa sa kanila ay magiging gaya nila;**
**Oo, bawat tumitiwala sa kanila.**

**135:8 "Siyang sumakit"** Ang PANDIWA (BDB 645, KB 697, *Hiphil* GANAP) ay nagpapakilala ng isang lubusang pagkawasak na ipinadala at naisakatuparan ng Diyos.

1. Awit 135:8 – ipinangako ni YHWH ang pagpapalaya mula sa Ehipto (cf. Genesis 15:12-15; Exodo 3:20; 7:25; 9:15; 12:13; Awit 87:4; Isaias 30:7)
2. Awit 135:10 – pagkatalo ng mga bansa ng Canaan kay YHWH (cf. Genesis 15:16-21)

**135:13 "magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*). Ito ay maaaring isang paglalaro sa ugat na nangangahulugang si YHWH ay mula sa Hebreong PANDIWA na "maging." Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Iyong alaala"** |
| **NKJV, JPSOA** | **"Iyong katanyagan"** |
| **NRSV, REB, LXX** | **"Iyong kabantugan"** |
| **NJB** | **"Iyong gunita"** |

Ang Hebreong PANGNGALAN (BDB 271) ay nangangahulugang "alaala" o "pang-alaala."

1. alaala ng tao – Kawikaan 10:7; Ecclesiastes 9:5
2. Israel – Osea 14:7
3. YHWH – Exodo 3:15; Awit 6:6; 30:4; 97:12; 102:12; Isaias 26:8; Osea 12:5

**135:18** Silang mga gumagawa ng diyu-diyosan at sumasamba sa kanila ay magiging tulad nila.

1. hindi makapagsalita

2. hindi makakita
3. hindi makarinig
4. hindi makahinga

Sila ay mga walang-buhay ng guni-guni ng nalugmok, bulaang mga puso at mga kamay ng tao. Ang mga diyus-diyosan ay hindi makakatulong o makakaalam, gayun din, ang mga sumasamba!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 135:19-21**

**19 Oh sangbahayan ni Israel, purihin ninyo ang Panginoon:**
**Oh sangbahayan ni Aaron, purihin ninyo ang Panginoon:**
**20 Oh sangbahayan ni Levi, purihin ninyo ang Panginoon:**
**ninyong nangatatakot sa Panginoon, purihin ninyo ang Panginoon.**
**21 Purihin ang Panginoon mula sa Sion,**
**na siyang tumatahan sa Herusalem.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**135:19** Ito ay tumutukoy sa

1. lahat na mga angkan ng Israel
2. ang natatanging angkan ng Levi, pamilya ni Aaron, pinili ni YHWH panggalingan ng Kaniyang mga lingkod sa templo. Sa isang na kaunawaan, angkan ng ito ay pinalitan ang mga panganay na mga anak ng lahat ng mga angkan bilang mga lingkod ni YHWH (cf. Exodo 13).

**135:20 "sambahayan ni Levi"** Hindi lahat ng mga Levita ay mga saserdote ngunit lahat na mga saserdote ay sa angkan ni Levi. Ang ilang mga Levita

1. ay naglingkod sa templo (tingnan ang tala sa Awit 134:1)
2. ay naglingkod bilang mga guro ng Kautusan ng Moises sa isang lugar

▣ **"nangatatakot sa Panginoon"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagkatakot.

**135:21 "Sion"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Moriah, Jebus, Salem, Herusalem, Sion.

▣ **"na siyan tumatahan sa Herusalem"** Tingnan ang tala sa Awit 132:14.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang mga katangian ng Diyos ng Israel.
2. Bigyang kahulugan ang monoteismo.
3. Pinipigil ba ang Diyos ang panahon para sa Kaniyang mga layunin? Nangangahulugan ba ito na ang Diyos ang nagpapadala ng lahat ng mga unos, mga bahay, apoy, atbp.?
4. Bakit lubhang nakakalungkot ang pagtitiwala sa mga diyus-diyosan?

# AWIT 136

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Salamat sa Kabutihan ng Panginoon sa Israel<br>Walang Panimula sa MT | Pasasalamat sa Diyos sa Kaniyang Nananatiling Kahabagan | Pasasalamat sa Dakilang mga Gawa ng Panginoon sa Kapakanan ng Kaniyang Bayan | Isang Imno ng Pasasalamat | Litanya ng Pasasalamat |
| 136:1-9 | 136:1-3 | 136:1-3 | 136:1-3 | 136:1-3 |
| | 136:4-9 | 136:4-9 | 136:4-9 | 136:4-6 |
| | | | | 136:7-9 |
| 136:10-22 | 136:10-22 | 136:10-22 | 136:10-15 | 136:10-12 |
| | | | | 136:13-15 |
| | | | 136:16-22 | 136:16-20 |
| | | | | 136:21-24 |
| 136:23-26 | 136:23-25 | 136:23-25 | 136:23-25 | |
| | | | | 136:25-26 |
| | 136:26 | 136:26 | 136:26 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Habang ang "pagpuri" (BDB 138, KB 159, *Piel* MGA PAUTOS) ang nagsimula at nagwakas ng Awit 135, ang "pasasalamat" (BDB 392, KB 389, *Hiphil* MGA PAUTOS) ang nasimula at nagwakas ng Awit 136.

B. Ang liturhikong inuulit na huwaran ay maliwanag sa Awit. Ang mga rabbi ay tinatawag itong "ang Dakitang Hallel." Ang Saserdote ay binibigkas ang unang linya ng bawat talata at ang mga sumasamba ay pangalawa sa koro.

C. Ang balangkas/teolohiya ay
   1. si YHWH mismo ang pinapakilala
   2. ang mga gawa ni YHWH ng pagpapalaya ay pinatingkad
   3. ang Israel ay tinawag purihin ang kanilang pambansang Diyos, ang tanging Diyos

D. Ang Awit ay ang pagkakaagapay sa Awit 135.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 136:1-9**
**1 Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagkat siya ay mabuti:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**2 Oh mangagpasalamat kayo sa Diyos ng mga diyos:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**3 Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon ng mga panginoon:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**4 Sa kaniya na gumagawang magisa ng mga dakilang kababalaghan:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**5 Sa kaniya na gumawa ng mga langit sa pamamagitan ng kasanayan:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**6 Sa kaniya na naglalatag ng lupa sa ibabaw ng tubig:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**7 Sa kaniya na gumawa ng mga dakilang tanglaw;**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
**8 Ng araw upang magpuno sa araw:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
**9 Ng buwan at mga bituin upang magpuno sa gabi:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**

**136:1 "'mangagpasalamat"** ang PANDIWA (BDB 392, KB 389) ay talagang nangangahulugang "ihagis" o "ipukol." Sa *Hiphil* ito ay ginamit sa
1. pasasalamat sa pamamagitan ng pag-awit ng mga liturhikong parirala
2. pagpapahayag ng pananampalataya (cf. Levitico 5:5; Kawikaan 28:13)

Ang AB ay nagmumungkahi na mayroong isang pisikal na pagkumpas na kaugnay sa pagpapasalamat na ang dahilan ay tila paggamit ng di-kaugnay na ugat.

▣ **"sapagkat Siya ay mabuti"** Ang unang istropa (Awit 136:1-9) ay inilalarawan ng mga tao at mga gawa ng paglalang ni YHWH.
1. Siya ay mabuti (cf. 1 Cronica 16:34; Awit 106:1; 107:1; 118:1,29; 136:1; Jeremias 33:11)
2. Siya ay nakakahigit sa lahat ng mga diyos (cf. Deuteronomio 10:17, tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo)
3. Siya ay manlilikha ng planetang ito, Awit 136:4-9 (cf. Genesis 1, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kahanga-hangang Bagay para sa Awit 136:4a)

▣ **"sapagkat ang Kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man"** Ito ay isang inuulit na pagpapatunay ng kahabagan at kawalang-hangan ni YHWH (inulit sa bawat talata).

Para sa ang terminong "kagandahang-loob" tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*). Para sa ang terminong "magpakailan man" tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

Pansinin ang iba't-ibang paraan na isinalin ang mahalagang pangkasunduang termino na *hesed* (BDB 338).

1. NASB – "kagandahang-loob"
2. NKJV, LXX – "kahabagan"
3. NRSV, JPSOA – "matatag na pag-ibig"
4. TEV, REB – "pag-ibig"
5. NJB – "matapat na pag-ibig"
6. NAB – "pag-ibig ng Diyos"
7. NET Bible – "tapat na pag-ibig"

Sa aking palagay, ang pinakamabuting paraan upang ilarawan ang terminong ito ay "walang-pasubali, matapat, pangkasundang pag-ibig ni YHWH." Sa teolohiya, ito ay kasingkahulugan ng *agapē* sa NT.

**136:4 "na mag-isa"** Ito ay isang pagpapatunay ng monoteismo, ang pagkanatatangi ng Israel sa ANE (cf. Awit 72:18; Isaias 44:24; tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo).

▣ **"mga dakilang kababalaghan"** Ang LXX ay tinatanggal ang PANG-URI. Ang UBS Text Project (p. 417) ay hati sa kung ano ang tatanggapin, ang MT o LXX. Ang "dakila" ay makikita sa kasama ng terminong "kahanga-hanga" sa Deuteronomio 6:22.

**136:5**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sa pamamagitan ng kasanayan"** |
| **NKJV, TEV** | **"sa pamamagitan ng karunungan"** |
| **NRSV** | **"ng kaalaman"** |
| **NJB, REB** | **"sa dunong"** |
| **JPSOA** | **"kasama ng karunungan"** |

Ang PAMBABAENG PANGNGALAN (BDB 108) ay ginamit sa Kawikaan 8:1 para sa unang paglalang ng Diyos na Kaniyang ginamit upang lalanging ang lahat ng bagay. Ang ilang iba pang mga talata na ginagmit ito ay Job 26:12; Kawikaan 3:19; 24:3; Jeremias 10:12.

Ang konsepto ay pagkakaagapay sa "sinabi" sa Genesis 1. Ito ay tumutukoy sa mga gawaing paglalang ng Diyos.

Ang NT ay nagpapahayag na si Hesus ang kinatawang ng Diyos sa paglalang (cf. Juan 1:3,10; 1 taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:16; Hebreo 1:2). Pansinin kung paanong ang unang tatlong mga talata ng Bibliya ay kinapapalooba ng Trinidad (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad).

1. *Elohim* (Diyos), Genesis 1:1
2. *Ruah* (Espiritu), Genesis 1:2
3. Diyos/Hesus ang nagsabi, Genesis 1:3,6,9,14

**136:6 "naglalatag"** Ang PANDIWA (BDB 955, KB 1291) ay ginamit ng Diyos sa paghuhugis ng "kabilugan" ng atmospera sa ibabaw ng mundo (cf. Job 37:18; Isaias 42:5; 44:24, tingnan ang Natatanging Paksa: Kalangitan).

Ang UBS *Handbook* ay sinasabing ang PANDIWA na ito ay tumutukoy sa pagtatatag ni YHWH ng tuyog lupain sa mga tubigan (cf. Awit 24:2). Ito ay tiyakang maaari.

**136:7-9** Ang pagkabanggit ng paglalang ng Diyos ng mga liwanag sa kalangitan ay isang Hebreong paraan ng pagtanggi sa pagsambang astral o langit. Ang teolohikong paglalarawan ay magkakatulad na sa mga salot ng Ehipto (cf. Exodo 8-11) na itinatanggi ang mga diyus-diyosang hayop ng Ehipto. Si YHWH, at Siya lamang, ay Diyos! Wala nang iba (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo). Pansinin ang "mag-isa" (BDB 94 II) sa Awit 136:4a.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 136:10-22**

[10]**Sa kaniya na sumakit sa Egipto sa kanilang mga panganay:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
[11]**At kinuha ang Israel sa kanila:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
[12]**Sa pamamagitan ng malakas na kamay, at ng unat na bisig:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
[13]**Sa kaniya na humawi ng Dagat na Mapula:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
[14]**At nagparaan sa Israel sa gitna niyaon:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
[15]**Ngunit tinabunan si Faraon at ang kaniyang hukbo sa Dagat na Mapula:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
[16]**Sa kaniya na pumatnubay ng kaniyang bayan sa ilang:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
[17]**Sa kaniya na sumakit sa mga dakilang hari:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
[18]**At pumatay sa mga bantog na hari:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
[19]**Kay Sehon na hari ng mga Amorrheo;**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
[20]**At kay Og na hari sa Basan:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
[21]**At ibinigay ang kanilang lupain na pinakamana.**
**Sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
[22]**Sa makatuwid baga ay pinakamana sa Israel na kaniyang lingkod:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**

**136:10-22** Habang ang Awit 136:1-9 ay inilalarawan ang Diyos ng paglalang (i.e., *Elohim*, cf. Genesis 1); ang Awit 136:10-22 ay inilalarawan ang Diyos ng pagpapalaya/OT kaligtasan (i.e., YHWH, bagaman hindi nabanggit, ngunit ipinahiwatig, tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan [OT]).

1. ang ipinangakong exodo mula sa Ehipto (cf. Genesis 15:12-15)
   a. mga salot
   b. paghahati ng Pula/Tambo na Dagat (tingnan ang Natatanging Paksa: Dagat na Mapula)
2. ang ipinangakong pagsakop ng Canaan (cf. Genesis 15:16-21)

**136:12 "Sa pamamagitan ng malakas na kamay, at ng unat na bisig"** Ang antropomorpikong paglalarawan (tingnan ang Natatanging Paksa: Diyos na Inilalarawan bilang Tao) ay karaniwan sa OT (cf. Exodo 13:3,9; 6:1; Deuteronomio 3:24; 4:34; 5:15; 6:21; 7:19; 26:8; 1 Mga Hari 8:42; Nehemiah 1:10; Awit 44:3; 77:15; Jeremias 32:21). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay.

**136:13** Ang katulad na mga salita ay ginamit sa Exodo 14:27 na inilalarawan ang pagkawasak ng hukbo ng Ehipsio sa Pula/Tambo na Dagat.

**136:21-22 "pinakamana. . .pinakamana"** Ang PANGNGALAN (BDB 635) ay paglalarawan na nagmula sa natatanging lugar ng Israel bilang natatanging pinili ni YHWH (cf. tingnan sa Awit 135:4).

1. Binigay Niya sa Kanila ang Canaan upang tuparin ang Kaniyang pangako kay Abraham (cf. Genesis 15:12-21). Ito ay inihahayag nang paulit-ulit sa Deuteronomio (cf. Deuteronomio 4:21; 15:4; 19:10; 20:16; 21:28; 24:4; 25:19; 26:1).
2. Pinagkaloob Niya sa bawat angkan ng Israel kanilang sariling ipinamahaging lupain (cf. Josue

13-19).
3. Ang Israel ang natatanging man ni YHWH sa lahat ng mga bansa (cf. Deuteronomio 4:20; 7:6; 9:26,29; 32:9; 1 Mga Hari 8:51; Awit 28:9; 33:12; 78:62,71; 94:5,14; 106:40).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 136:23-26**
**23 Na siyang umalaala sa atin sa ating mababang kalagayan:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
**24 At iniligtas tayo sa ating mga kaaway:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:**
**25 Siya ay nagbibigay ng pagkain sa lahat ng kinapal:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**
**26 Oh mangagpasalamat kayo sa Diyos ng langit:**
**sapagkat ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.**

**136:23-26** Ang istropang ito ay gumaganap bilang isang buod ng mga dakilang gawa ni YHWH gayundin naman ang Kaniyang mga gawa bilang tagapanatili ng lahat ng buhay ng tao (cf. Awit 104:27-30; 145:15; Mateo 5:45; Mga Gawa 14:17). Pinagsasama nito ang kahulugan ng mga titulo
1. *Elohim* – Manlilikha, Tagapagtustos, tagapanatili
2. YHWH – Tagapagligtas, Tagapagpalaya, Diyos na gumagawa ng kasunduan

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

**136:23 "sa ating mababang kalagayan"** Ito ay di-tiyak kung ito ay tumutukoy sa
1. yugto ng Mga Hukom
2. pagkaalipin sa Ehipto
3. pagkakatapon sa Mesopotamia

**136:26 "Diyos ng langit"** Ito kinalaunan ay isang Zoroastriyanong titulo para sa Diyos, lubhang karaniwan sa yugto pagkatapos na pagpapatapon. Ang mga Hudyo ay kadalasang kinukuha ang mga naglalarawang parirala at mga titulo ng mga paganong diyos at mga banyagang pinuno upnag ilarawan si YHWH. Ang kalangitan ay PANGMARAMIHAN, gaya ng lubhang maraming Hebreong salita na nagpapakilala ng kadakilaan. Ang mga rabbi ay kadalasang tinatalakay ang dami ng mga antas ng langit na nabanggit sa Hebreong Bibliya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Langit at ang Ikatlong Kalangitan.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang ibig-sabihin ng "si YHWH ay mabut"?
2. Bakit ang "kagandahang-loob" ay isang napakahalagang teolohikong termino?
3. Maliwanag bang ipinapahayag ng Awit 136:1-4 ang monoteismo?
4. Anong pangyayari ang tinutukoy ng Awit 136:6?

5. Bakit nabanggit ang araw, buwan at mga bituin mga nilalang ni YHWH?
6. Saan Dagat na Mapula?
7. Saan hinulaan sa Genesis ang pananakop?
8. Sa anong katangian ng Diyos ang tinutukoy ng Awit 136:25?

# AWIT 137

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Karanasan ng Pagkakatapon<br>Walang Panimula sa MT | Pananabik sa Sion sa Banyagang Lupain | Panalangin sa Paghihiganti sa mga Kaaway ng Israel<br>(Isang Panaghoy) | Panaghoy ng mga Israelita sa Pagpapatapon | Awit ng mga Pinatapon |
| 137:1-3 | 137:1-3 | 137:1-3 | 137:1-3 | 137:1-2 |
| | | | | 137:3 |
| 137:4-6 | 137:4-6 | 137:4-6 | 137:4-6 | 137:4-5 |
| | | | | 137:6 |
| 137:7-9 | 137:7-9 | 137:7-9 | 137:7 | 137:7 |
| | | | 137:8-9 | 137:8-9 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 137:1-3**
**1 Sa tabi ng mga ilog ng Babilonia,**
**doon ay nangaupo tayo, oo, nagiyak tayo,**
**nang ating maalaala ang Sion.**
**2 Sa mga punong sauce sa gitna niyaon**
**ating ibinitin ang ating mga alpa.**
**3 Sapagkat doon ay silang nagsibihag sa atin ay nagsihiling sa atin ng mga awit,**
**at silang magpapahamak sa atin ay nagsihiling sa atin ng kasayahan, na nangagsasabi:**
**Awitin ninyo sa amin ang sa mga awit ng Sion.**

**137:1 "Sa tabi ng mga ilog ng Babilonia"** Maaaring ang isang mas mabuting salin ay "sa mga daluyan

ng tubig." Ang sistema ng patubig ng Babiloniya ng panahong iyon ay kinapapalooban hindi lamang ng mga ilog ngunit mga canal din na ginawa ng tao, tulad ng Canal Chebar (cf. Ezekiel 1:1).

Natutunan natin mula sa Mga Gawa 16:13 na ito ay isang sinaunang kaugalian para sa mga lungsod na walang sinagoga na magpulong sa ilog na lokal para sa pagsamba. Maaaring ito ang katayuan dito.

▣ **"doon ay nangaupo tayo, oo, nag-iyak tayo"** Dahil sa pagsasama ng mga salitang "nagaupo" at "umiyak," ito ay tila nauugnay sa isang kalagayan ng punebre sa libing. Ang pag-upo ng pantay sa lupa ay isang pang-Hudyong anyo ng pagluluksa.

▣ **"ating naalala ang Sion"** Ito ay nakakawili na sa Bibliya, mahalaga para sa mga tao na makaalala (cf. Awit 137:5 [ipinahiwatig],6,7). Ang terminong "piliin" sa Awit 137:6 ay isinalin ng Jewish Publication Society of America, sa kanilang bagong salin, na "manatili sa alaala ang Herusalem bilang aking pinakamasayang oras."

Ang terminong "Sion" ay isang KASINGKAHULUGAN para sa buong lungsod ng Herusalem at ang kinalalagyan ng templo na nakatayo sa Bundok Moriah (tingnan ang Natatanging Paksa: Moriah, Salem, Jebus, Herusalem, Sion). Ito ay napakahirap para sa atin maunawaan ang buong implikasyon ng Israel sa pagkakatapon. Siya pinangakuan ng isang Davidikong hari magpakailan man (2 Samuel 7:10,13,16). Siya ay ipinagtanggol sa panahon ng pagsalakay ng Asiryanong hari, si Sennacherib, sa panahon ni Hezekiah (cf. Isaias 37). Gayunman, sinabi sa kanila ni Jeremias na ang pagkakatapon ay nalalapit maliban na sila ay magsisi at bumalik sa Diyos. Ang Kasunduan (tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan) ay palaging may pasubali (cf. 1 Samuel 13:12,13), ngunit sila ay umasa sa sinaunang mga tradisyon sa halip na personal na pakikipag-ugnayan. Samakatuwid, ang kasunduan ng Diyos ay ginawang bisa (i.e., pagkakatapon) sa kanilang panahon.

**137:2 "mga punong sauce"** Sinasabi ng mga hortikulturalista sa atin na mga punong sauce ay hindi lumalago sa ANE ngunit ang punong ito (BDB 788 II) ay maaaring isang uri ng kilalang puno na lumalago sa mga ilog ng Euphrates at Jordan. Tingnan ang UBS, *Fauna and Flora of the Bible*, p. 170. Ang ilan ay nagmumungkahi na mga sanga ng aktuwal na puno ay ginamit sa panahon ng Pista ng mga Tabernakulo upang magtayo ng mga tolda na tinitirahan ng mga tao.

▣ **"ating ibinitin ang ating mga alpa"** Ito ay nakakawiling itala na ang lahat ng MGA PANDIWA sa Awit 137:1-3 ay sa ang GANAP NA PANAHUNAN, na nagpapahiwatig na ang may-akda nabuhay ng ilang panahon pagkatapos ng pagkakatapon at sumulat tungkol sa isang mapait na karanasan sa nakalipas.

Ang RSV ay isinasalin ang terminong "mga alpa" (BDB 490) bilang "mga kudyapi." Napakahirap matiyak ang tumpak na uri ng pang-musikong mga instrumentong kabilang dahil ang mga pangalan ay nagbabago mula sa kultura sa isa pang kultura, gaya ng mga disenyo ng mga instrumento. Ito ay isang maliit na may kuwerdas na instrumentong pangmusika.

**137:3 "Sapagkat doon ay silang nagbihag sa atin. . .magpapahamak sa atin"** Iminumungkahi ng ilang tagapagpaliwanag na ang talatang ito ay isang halimbawa ng panunuyang ginawa ng mga nagbihag na taga-Babiloniya, ngunit ang terminong isinalin ng NASB, "nagsihiling," ay, sa katotohanan, ang mas payak na Hebreong salita na "humingi" (BDB 981, KB 1371, *Qal* GANAP). Ito ay talagang maaari na ang taga-Babiloniya ay interesado lamang sa bagong uri ng musika na ginawa ng mga Hudyo. Gayunman, para sa mga Hudyo, hindi sila maka-awit ng mga pang-relihiyong awitin sa isang banyagang lupain dahil sila ay tapat sa pagsamba kay YHWH, na tila nadaig ni *Marduk*. Ito ay isang panahon ng dakilang pagkaligalig para sa mga Hudyo sa panahong ito ng yugto ng kasaysayan. Mayroong konsepto sa ANE na kung sino ang nanalo sa digmaan ay pinalakas ng kanilang pambansang mga diyos. Si YHWH ay pumapayag sa Kaniyang sariling pangalan na matuligsa upang ang Kaniyang bayan ay bumalik na magtiwala sa Kaniya.

▣ Pansinin dito ang maraming mga salita na na nagsisimula sa שׂ.

1. Awit 137:3 PANDIWA, "nagsihiling" – BDB 981, KB 1371, *Qal* GANAP
2. Awit 137:3 PANDIWARI, "nagsibihag" – BDB 985, KB 1382, *Qal* PANDIWARI
3. Awit 137:3 PANGNGALAN, "mga awit" – BDB 1010
4. Awit 137:3 PANGNGALAN, "kasayahan" – BDB 970
5. Awit 137:3 PANDIWA, "awitin" – BDB 1010, KB 1479, *Qal* PAUTOS
6. Awit 137:4 PANGNGALAN, "mga awit" – BDB 1010
7. Awit 137:4 PANDIWA, "aawit" – BDB 1010, KB 1479, *Qal* DI-GANAP
8. Awit 137:4 PANGNGALAN, "awit" – BDB 1010
9. Awit 137:5 PANDIWA, "kalimutan" – BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP
10. Awit 137:5 PANDIWA, "kalimutan" – BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
11. Awit 137:6 PANGNGALAN, "kaligayahan" – BDB 970

▣ **"magpapahamak sa atin"** Ang salitang ito (BDB 1064, KB 1700) ay matatagpuan lamang dito. Ito ay maaaring

1. isang pagkakaagapay sa "ating mga nagsibihag" ng Awit 137:3a
2. "silang nagsitaboy sa atin" (REB), LXX, Peshitta, Vulgata
3. mula sa isa pang Hebreong ugat (הלל – BDB 237), "gumawa ng isang panunuya"

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 137:4-6**
**4 Paanong aawitin namin ang awit sa Panginoon**
**sa ibang lupain?**
**5 Kung kalimutan kita, Oh Herusalem,**
**kalimutan nawa ng aking kanan ang kaniyang kasanayan.**
**6 Dumikit nawa ang aking dila sa ngalangala ng aking bibig,**
**kung hindi kita alalahanin;**
**kung hindi ko piliin ang Herusalem**
**ng higit sa aking pinakapangulong kagalakan.**

**137:4 "Paanong aawitin namin ang awit sa Panginoon sa ibang lupain"** Ang ilang ay kinilala ang pahayag na ito na may konsepto ng pambansang mga diyus-diyosan, ngunit ito ay tila sa akin ay t mas tumutukoy sa pang-relihiyong katangian ng mga awit at ito ay imposible awiting ng may pagpupuri kay YHWH sa gita ng ganitong kahatulan at pagpapalayo. Ako ay tiyak na mga Hudyo ay totoong nagtatanong kung kasunduan ng Diyos ay nasira na magpakailan man, kung iibigin Niyang mula sila, at kung may anumang pag-asa para sa kanilang bansa. Ang Diyos ay tumugon sa mga katanungan ito sa isang paayon paraan sa panghinaharap ngunit sa yugtong ito ng panahon ng may dakilang pagkaligalig at hindi pagkakaunawa.

▣ **"sa Panginoon"** Ito si YHWH. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

**137:5 "Kung kalimutan kita, Oh Herusalem"** Ipinapakita nito ang kanilang pananampalataya sa gitna ng mga madilim na panahon. Ang Awit 137:5-6 ay isang pansariling sumpan na ginamit para sa pampanitikang katindihan!

▣ **"nawa. . .nawa"** Ang mga ito ay kapwa *Qal* MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan.

▣ **"kalimutan ng aking kanang kamay ang kaniyang kasanayan"** Pansinin na ang mga salita

"kaniyang kasanayan" ay nakapahilis sa NASB, na nangangahulugang na sila ay hindi sa MT. Dahil ang konteksto ay pag-awit na ito ay maaaring isang pagkabanggit sa katotohanan na ang mga Hudyong musikero ay tumataliko sa pananampalataya sa pamamagitan ng pag-awit ng pang-relihiyong mga awit habang sa pagkakabihag at maaaring nawala na ang kanilang kasanayan bilang mga manunugtog. Ito ay tila ang pagbibigay-diin sa Awit 137:6, na nagpapahiwatig ng pagkawalang ng kakayahang umawit.

**137:6 "kung hindi ko piliin ang Herusalem**
**ng higit sa aking pinakapangulong kagalakan"** Ang literal na parirala, "sa ibabaw ng ulo," ay natatangi at maaaring tumukoy sa ilang pangkultong pagkumpas o simbolikong pantakip ng ulo. Ang LXX ay tinatanggap ang "ulo" bilang "nagsisimula" o "pasimula" (tingnan ang Natatanging Paksa: Ulo).

Gaya ng lubhang kadalas sa mga di-karaniwang patulang salita, napakainam na matandaan na

1. ang pagkakaagapay ay nagkakaloob atin ng palatandaan
2. ang etimolohiya ng mga magkaugnay na ugat ay kadalasang nagtuturo sa kahulugan
3. ang layunin ng Awit bilang isang kabuuan

Ang JPSOA ay may "manatili ang Herusalem sa alaala ng aking pinakamasayang oras."

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 137:7-9**
**7 Alalahanin mo Oh Panginoon, laban sa mga anak ni Edom**
**ang kaarawan ng Herusalem;**
**na nagsabi, Sirain, sirain,**
**pati ng patibayan niyaon.**
**8 Oh anak na babae ng Babilonia, ikaw na nawasak;**
**magiging mapalad siya, na gumaganti sa iyo**
**na gaya ng iyong ginawa sa amin.**
**9 Magiging mapalad siya, na kukuha at maghahagis sa iyong mga bata**
**sa malaking bato.**

**137:7 "Alalahanin mo Oh Panginoon, laban sa mga anak ni Edom"** Gaya ng pag-alaala ng mga tao sa biyaya ng Diyos, ang Diyos ay hinihimok na kalimutan (*Qal* PAUTOS na ginamit sa panalangin) ang mga kasalanan ng Israel, dahil kapag naalala ng Diyos, ito ay kadalasang sa konteksto ng kahatulan. Na ang tiyak na layunin ng pahayag na ito, na ang Diyos ng paghihiganti, Deuteronomio 32:35, ay kikilos nang pantay at matuwid sa mga anak ng Edom na sinuway ang kanilang sariling kamag-anak (i.e., ang mga Hudyo). Mayroong maraming biblikal na katibayan na ang Edom ay nakilahok sa pagkubkob, paghulog, at pagsakop ng Herusalem (cf. Awit 87:4- 8; Jeremias 49:7-22; Panaghoy 4:21; Ezekiel 25:12-14; 35:1ff; Amos 1:11; Joel 3:19; at lalo na sa Obadias 10-14). Tingnan ang Natatanging Paksa: Edom at Israel.

▣ **"na nagsabi, 'sirain, sirain'"** Ito ang inaakalang mga salita (dalawang *Piel* MGA PAUTOS) ng mga Edomeo sa panahon na bumagkas ang Herusalem sa hukbo ni Nebuchadnezzar. Gayunman, ang bagong salin ng ang Jewish Publication of America ay may, "hubaran siya, hubaran siya." Ito ay tiyak na maaaring liwanag ng Isaias 47:2-3; Panaghoy 1:8; Ezekiel 16:37. Ang talinghagang dito ay isang babae na hiniya sa madla. Ang pagpapaliwanag na ito ay pinapalakas ng katotohanan na sa susunod na parirala, "sa pinaka patibayan nito," can be isinalin na bilang "puwitan" (BDB 414, KB 417, AB, p. 273). Sa aking palagay, ang unang opsyon aymas mabuti.

**137:8 "Oh anak na babae ng Babilonia"** Ito ay lubhang karaniwan na tawagin ang mga bansa sa terminong, "anak ng." Ito ay isang Hebreong wikain na ginamit upang isama ang isang buong population. Tingnan ang buong tala sa Jeremias 46:11 sa internet. Ito ay nakakawili na ang tatlong MGA PANDIWA ng Awit 137:8 ay inulit sa Jeremias 51:56.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ikaw na nawasak"** |
| **NKJV** | **"ikaw na nasira"** |
| **NRSV, NASB margin** | **"ikaw na tagasira"** |
| **TEV** | **"ikaw ay masisira"** |
| **NJB** | **"nasadlak sa pagkawasak"** |
| **JPSOA, Mga Targum** | **"ikaw na maninira"** |
| **REB** | **"ang tagawasak"** |

Ang UBS Text Project, p. 419, ay nagkakaloob ang "isang nawasak" na isang "B" na antas (ilang pagduruda). Ang pagkakaiba sa pagitan ng mga opsyon ay

1. הַשְּׁדוּדָה – isang nawasak
2. הַשֹּׁדֵדָה– isang nagwawasak

▣**"magiging mapalad siya, na gumaganti sa iyo na gaya ng iyong ginawa sa amin"** Ito ay payak na halimbawa sa OT ng "mata sa mata" na katarungan ng Levitico 24:19-22; Deuteronomio 19:19; inulit sa Jeremias 51. Ating aanihin kung ano ang ating itinanim (kadalasang tinawag na "ang dalawang paraan," cf. Job 34:11; Awit 28:4; 62:12; Kawikaan 24:12,29; Ecclesiastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; taga-Roma 2:6; 14:12; 1 taga-Corinto 3:8; 2 taga-Corinto 5:10; taga-Galacia 6:7; 2 Timoteo 4:14; 1 Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12).

Mayroong anim na pasusumpang (i.e., sumpa) mga Awit, i.e., mga Awit 55; 59; 69; 79; 109; 137.

**137:9 "maghahagis sa iyong mga bata"** Ito ay isang karaniwang kasanayan sa ANE (cf. 2 Mga Hari 8:12; Isaias 13:16,18; Osea 10:14; Nahum 3:10). Ito ay nakakawili na itala na ang partikular na propesiyang nabanggit sa Isaias 13:16 ay laban sa Babylon. Ito ay tila sa naging isang kakila-kilabot na halimbawa ng katotohanan sa kung anong ating tinatim, ating aanihin. Ang mananalaysay na si Prideaux, ay sinasabi sa atin nang ang Babiloniya ay nakubkob, ang mga babae at mga anak ay pinatay upang mas maraming pagkain ang maimbak para sa mga para sa ang panghukbong tagapagtanggol ng lungsod.

▣**"malaking bato"** Ang PANGNGALAN (BD 700) ay TIYAK NA PANTUKOY. Ito ay maaaring tumukoy sa

1. isang pangalan para sa Petra (kadalasang tinawag na "ang pulang" lungsod), isang kabisera sa Edom (BDB 701, cf. 2 Mga Hari 14:7)
2. isang daan na tumutukoy sa pagsamba sa Diyus-diyosan, na kasalungat ni YHWH, "ang totoo malaking bato"
3. ilang pagtutuwid sa terminong "Aram" (isang bansa)
4. isang daan na tumutukoy sa isang matigas na ibabaw, tulad ng isang pader o gilid ng isang bahay. Ito ay lubusang tumutugma sa konteksto at pagkakaagapay.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang pagkabihag sa mga taga-Babiloniya ay isang teolohikong krisis?
2. Paano maiaangkop ang mga pangkasaysayang halimbawa sa buhay ng bansa ng Israel sa atin sa Iglesiya?
3. Talakayin ang mga salita “kalimutan” at “tandaan” at paano sila ay ginamit sa isang kalalagayan sa OT.
4. Paano maihahambing ng sinuman ang sinaunang mga kagawian sa digmaan sa isang moral na kaunawaan kasama ng sariling makabagong kasanayan?

# AWIT 138

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pasasalamat para sa Kabu-tihang-loob ng Panginoon<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David. | Kabutihan ng Panginoon sa Matatapat | Pasasalamat at Pagpapalaya mula sa Kaguluhan | Panalangin ng Pasasalamat | Imno ng Pasasalamat |
| 138:1-3 | 138:1-3 | 138:1-3 | 138:1-3 | 138:1-2a |
| | | | | 138:2b-3 |
| 138:4-6 | 138:4-6 | 138:4-6 | 138:4-6 | 138:4-6 |
| 138:7-8 | 138:7-8 | 138:7-8 | 138:7-8 | 138:7-8 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 138:1-3**
**1 Ako ay magpapasalamat sa iyo ng aking buong puso:**
**sa harap ng mga diyos ay aawit ako ng mga pagpuri sa iyo.**
**2 Ako ay sasamba sa dako ng iyong banal na templo,**
**at magpapasalamat sa iyong pangalan, dahil sa iyong kagandahang-loob at katotohanan:**
**sapagkat iyong pinadakila ang iyong salita sang-ayon sa lahat mong pangalan.**
**3 Nang araw na ako ay tumawag ay sinagot mo ako,**
**iyong pinatapang ako ng kalakasan sa aking kaluluwa.**

**138:1-3** Ang istropang ito ay binabalangwas kung ano ang gagawin ng salmista (apat na MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan), habang Awit 138:4-6 ay nagpapakilala ng kung ano ang gagawin ng mga bansa.

1. ako ay magpapasalamat sa iyo ng aking buong puso – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
2. aawit ako ng mga pagpuri sa iyo – BDB 274, KB 273, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
3. ako ay sasamba sa dako ng iyong banal na templo – BDB 1005, KB 295, *Hishtaphel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
4. ako ay magpapasalamat – katulad sa #1

Tumugon sa kaniya si YHWH sa araw na nanalangin siya at nagpapatuloy sa pagtugon sa kaniya dahil

1. siya ay isang matapat na taga-sunod pinapatapang at pinapalakas ni YHWH, Awit 138:3b
2. sa katangian ni YHWH
   a. Kaniyang pangalan, Awit 138:2b,c
   b. Kaniyang kagandahang-loob, Awit 138:2b
   c. Kaniyang katapatan, Awit 138:2b
   d. Kaniyang salita, Awit 138:2c

Pansinin kung ilang beses ang "k" na tulog ang nagsasara ng mga salita sa Awit 138:1-2.

1. ako ay magpapasalamat, Awit 138:1
2. aawit ako ng mga pagpuri sa iyo, Awit 138:1
3. banal, Awit 138:2
4. Iyong pangalan, Awit 138:2
5. Iyong kagandahang-loob, Awit 138:2
6. Iyong katotohanan/katapatan, Awit 138:2
7. Iyong pangalan, Awit 138:2
8. Iyong salita, Awit 138:2

**138:1 "ng aking buong puso"** Ito ay isang Hebreong wikain ng lubusang pagtatalaga (cf. Awit 86:12; 111:1). Ito ay isang daan ng pagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng pananampalataya/katapatan ni

1. David – isang buong puso (bago kay Bathsheba at kinalaunan pagkatapos ng kakila-kilabot na yugto)
2. Solomon – isang nahating puso (sa kaniyang katandaan)

Ang kasalanan ay hindi ang isyu, lahat ay nagkasala (tingnan ang tala sa Awit 130:3-4), ngunit ang nagpapatuloy na pananampalataya at pagsisisi. Ang pakikipag-ugnaya kay YHWH ay susi, hindi pagsasakatuparan batay sa pagpupunyagi ng tao.

▣ **"sa harap ng mga diyos"** Ito ay maaaring makita sa dalawang kaparaanan.

1. ang luklukang silid ng langit (i.e., pagsamba sa templo) ay kung saan ang salmista ay ipinapakilala ang kaniyang mga awit pananampalataya (i.e., ang konseho sa kalangitan, Awit 82:1; 89:7-8; 95:3; 96:4; 97:9)
2. na si YHWH ang isang tunay na Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo), na natatangi sa Israel ANE
3. tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos, C. "*Elohim*"

**138:2 "sa Iyong banal templo"** mga Hudyo at mga Muslim ay nananalangin nakaharap sa Herusalem (nang lumaon ay binago ng mga Muslim sa Mecca). Ito dako na pinili ng tunay na Diyos na manahan (cf. Deuteronomio 12:11), sa pagitan ng mga pakpak ng *cherubim* sa arko ng kasunduan (cf. Exodo 25:22) sa mga pinakabanal na dako. Ito ay lugar kung saan ang langit at mundo ay nagtatagpo.

Kung ang paghahari ni David ay ang pangkasaysayang kalalagayan, ngayon, ang "templo" ay dapat maunawaan bilang "arko," na itinira sa isang "tabernakulo." Ang mga Israelita ay nanalangit

1. kapag malayo sa Herusalem na humaharap sa Herusalem (cf. Daniel 6:10)
2. kapag nasa templo ay humaharap sa arko (cf. Awit 28:2)

▣ **"Iyong pangalan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH (OT).

▣ **"kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

▣
**NASB, NKJV "katotohanan"**
**NRSV, TEV,**
**JPSOA, REB "katapatan"**
**NJB "palagian"**

Ang kahulugan ng terminong (BDB 54) ay makikita sa paggamit ng PANDIWA (BDB 52). Tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT.

▣ **"Iyong salita"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

▣
**NASB "sang-ayon sa lahat"**
**NKJV "higit sa lahat"**

Ang pariralang ito ay di-maliwanag sa Hebreo. Ito ay maaaring maiuugnay sa "sa harapan ng mga diyos" ng Awit 138:1b. Ito rin ay maaaring nauugnay sa "ang mga hari ng mundo" sa Awit 138:4. Kung anuman ang partikular na sanggunian, sa kaisipan ng salmista ito ay nagtataas ng persona ng pagka-Diyos ng Israel. Ang Kaniyang mga katangian ay sukdulan (NJB). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel (OT) at Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel (NT).

**138:3** Ang tugon ni YHWH (PAUTOS) sa panalangin ng salmista ay (dalawang DI-GANAP MGA PANDIWA)

1. pinatapang ako (sa literal, "mayabang," BDB 923) ngunit sa kontekstong ito ay natatanging paggamit ng *Hiphil* DI-GANAP, "matapang" ang nilalayong kahulugan

   Ang UBS Text Project (p. 421) ay nagkakaloob sa MT (BDB 923, רהב) ng isang "B" na antas (ilang pagduruda) at binabanggit ang pag-aayos ng RSV, NRSV, na nagmumungkahi ng "pagpaparami" o "pagdaragdag" (BDB 915, רבה).
2. "ng kalakasan" – ang PANGNGALAN, BDB 738, ay nagpapakilala kalakasan o katapangan

Ang pagkakaiba ang nagagawa ng nagsisisi, matapat na panalangin. Ang panalangin ay nakakaapekto sa atin at Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Namamagitang Panalangin).

▣ **"kaluluwa"** Tingnan ang buong tala sa *nephesh* (BDB 659) sa Genesis 35:18 sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 138:4-6**

**4 Lahat ng mga hari sa lupa ay mangagpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon,**
**sapagkat kanilang narinig ang mga salita ng iyong bibig.**
**5 Oo, sila ay magsisiawit tungkol sa mga daan ng Panginoon;**
**sapagkat dakila ang kaluwalhatian ng Panginoon.**
**6 Sapagkat bagaman ang Panginoon ay mataas,**
**gumagalang din sa mababa:**
**ngunit ang hambog ay nakikilala niya mula sa malayo.**

**138:4-6** Tulad ng paglalarawan ng Awit 138:1-3 sa mga panalangin ng salmista at mga katugunan ni YHWH, ngayon ang istropa ay nagpapahayag sa mga bansa (i.e., "lahat na mga hari ng mundo").

1. sila ay magpapasalamat – BDB 392, KB 389, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

2. sila ay magsisiawit tungkol sa mga daan ng Panginoon – BDB 1010, KB 1479, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan

Ang dahilan ng wikain ay
1. kapahayagan ni YHWH (i.e., mga salita)
2. mga paraan ni YHWH (i.e., itinataas ang mapagpakumbaba, hinahatulan ang palalo), Awit 138:6
3. ang dakilang kaluwalhatian ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian)

**138:4 "Lahat ng mga hari sa lupa"** Ang OT ay tinatalakay ang mga bansa sa ilalim ng maraming kategorya.
1. ang pag-aari ni YHWH at Kaniyang Mesias – Awit 2:8; 82:8; Pahayag 11:15
2. kanilang pagkatakot/kahatulan – Awit 72:11; 102:15; Isaias 49:23
3. kanilang pagsamba – Awit 22:27; 66:4; 86:9; 138:4; Isaias 66:23; Pahayag 15:4; tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH

**138:6 "nakikilala niya"** Ang PANDIWA ay kadalasang ginamit sa isang kaunawaan ng napakalapit na personal na pakikipag-ugnayan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 138:7-8**
**7Bagaman ako ay lumakad sa gitna ng kabagabagan, iyong bubuhayin ako;**
**iyong iuunat ang iyong kamay laban sa poot ng aking mga kaaway,**
**at ililigtas ako ng iyong kanan.**
**8Pasasakdalin ng Panginoon ang tungkol sa akin:**
**ang iyong kagandahang-loob, Oh Panginoon, ay magpakailan man;**
**huwag mong pabayaan ang mga gawa ng iyong sariling mga kamay.**

**138:7-8** Ang salmista ay may pagkabanggit sa kaniyang kasalukuyang kalagayan.
1. ako ay lumakad sa gitna ng kabagabagan, Awit 138:7 (ito ay may pahiwatig sa Awit 138:3)
2. siya ay napoot sa mga kaaway, Awit 138:7b; hindi to tiyak kung ang mga kaaway ay
   a. kapwa mga Israelita
   b. mga paganong kapitbansa

   AB (pp. 275-276) ay nagpapahayag na ang Awit na ito ay pinakamainam na maipapaliwanag bilang isang maharlikang Awit sa paghahari ni David dahil sa leksiko at pang-gramatikong ugnayan sa Ugaritikong panulaan.
3. "ang tungkol sa akin," Awit 138:8a. Ito, rin, ay di-tiyak ngunit ang konteksto ay nagpapahiwatig isang espiritwal o pang-relihiyong hangarin
4. ang paggamit ng salitang "buhayin" (sa literal, "manatiling buhay") ay nagpapahiwatig na ang mga kaaway
   a. ay nagtatangkang patayin sila
   b. siya naging masasakitin

**138:7 "Iyong kanang kamay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay.

▣ **"iligtas ako"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan (OT).

**138:8a** Ano isang pangako sa lahat na matapat na mga taga-sunod.
1. tayong lahat ay may isang maka-Diyos na layunin (cf. Awit 57:2; taga-Filipos 1:6)
2. ang layon ng ating pananampalataya ay tutuparin ang Kaniyang layunin sa atin

**138:8b "Kagandahang-loob"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

**138:8c "huwag mong pabayaan ang mga gawa ng iyong sariling mga kamay"** Ang PANDIWA (BDB 951, KB 1276, *Hiphil* PANGKAUTUSAN) ay nagpapakilala katapatan ni YHWH sa Kaniyang mga layunin.

Ang pariralang "gawa ng iyong sariling mga kamay" ay isang Hebreong wikain para sa paglalang ni YHWH ng sangkatauhan sa Kaniyang larawan/wangis (cf. Genesis 1:26-27; 2:1-7).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang pinatutungkulan ng "mga diyos" ng Awit 138:1b?
2. Bigyang kahulugan ang Hebreong "kagandahang-loob" at "katotohanan." Awit 138:2
3. Bakit lubhang mahirap isalin ang huling linya ng Awit 138:2?
4. Bakit lubhang mahirap isalin ang Awit 138:3?
5. Ang "lahat na ang mga hari ng ang mundo" ba ay tumutukoy sa isang kahatulang tagpuan o isang pagsambang tagpuan?
6. Maaari bang bigyang-kahulugan ang "kaguluhan" o "aking mga kaaway" ng Awit 138:7?
7. Ano dakilang katotohanan na ipinapahayag ng Awit 138:8?

# AWIT 139

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Diyos na nasa Lahat ng ng Dako at may Walang-hanggang Karunungan<br>Panimula sa MT<br>Para sa Punong Mang-aawit. Isang Awit ni David. | Ang Sakdal ng Kaalaman ng Diyos sa Tao | Panalangin sa Pagpapalaya mula sa mga Personal na Kaaway<br>(Isang Panaghoy) | Ang Lubusang Kaalaman at Pangangalaga ng Diyios | Pagpuri sa Kalawang-hanggang Karunungan ng Diyos |
| 139:1-6 | 139:1-6 | 139:1-6 | 139:1-6 | 139:1-3 |
| | | | | 139:4-6 |
| 139:7-12 | 139:7-12 | 139:7-12 | 139:7-12 | 139:7-8 |
| | | | | 139:9-10 |
| | | | | 139:11-12 |
| 139:13-16 | 139:13-16 | 139:13-18 | 139:13-18 | 139:13-14b |
| | | | | 139:14c-15 |
| | | | | 139:16 |
| 139:17-18 | 139:17-18 | | | 139:17-18 |
| 139:19-22 | 139:19-22 | 139:19-24 | 139:19-22 | 139:19-20 |
| | | | | 139:21-22 |
| 139:23-24 | 139:23-24 | | 139:23-24 | 139:23-24 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay gumagamit ng Hebreong panulaan (tingnan ang Natatanging Paksa: Hebreong Panulaan) na naglalarawan ngmga teolohikong termino sa Griyego: walang-

hanggang presensiya, walang-hanggang karunungan, at walang-hanggang kapangyarihan. Si YHWH ang sakdal na hukom.

B. Ang Awit na ito ay inilalarawan ang personal na kaalaman ng isang matapat na taga-sunod sa Diyos. Ito ay hindi nauugnay sa pangkasaysayang pagkilos ng Diyosa sa nakalipas ngunit sa pangkasalukuyang pananampalatayang pakikipag-ugnayan.

C. Sinabi ni John Calvin na, “Ang walang kaalaman sa Diyos ay walang kaalaman sa sarili.” Ito ay tila umaakma sa Awit na ito.

D. Ang Masoretikong Hebreo (MT) na teksto ay kinikilala ang may-akda ng Awit na ito na si David. Ang Talmud (Sanhedrin 38b) ay kinikilala ito kay Adan, ang una. Gayunman, ang Septuagint (LXX) ay kinikilala ang pagkamay-akda bilang Zacarias. Ang panimula sa MT ay hindi makikita sa Dead Sea Scrolls. Hindi ko sila itinuturing na kinasihan.

E. Maikling Balangkas
1. kaalaman ng Diyos sa akin, Awit 139:1-6
2. presensiya ng Diyos kasama ako, Awit 139:7-12
3. malikhating kapangyarihan ng Diyos sa akin, Awit 139:13-16
4. katarungan ng Diyos para sa akin, Awit 139:19-22
5. nararapat na pagtugon ng matapat na taga-sunod, Awit 139:23-24

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 139:1-6**

**1Oh Panginoon, iyong siniyasat ako, at nakilala ako.**
**2Iyong nakikilala ang aking pag-upo at ang aking pagtindig,**
**iyong nauunawa ang aking pagiisip sa malayo.**
**3Iyong siniyasat ang aking landas at ang aking higaan,**
**at iyong malapit na kilala ang lahat kong mga lakad.**
**4Sapagkat wala pa ang salita sa aking dila,**
**ngunit, narito, Oh Panginoon, natatalastas mo nang buo.**
**5Iyong kinulong ako sa likuran at sa harapan,**
**at inilapag mo ang iyong kamay sa akin.**
**6Ang ganyang kaalaman ay totoong kagilagilalas sa akin;**
**ito'y mataas, hindi ko maabot.**

**139:1 “Panginoon”** Ito ay ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos, si YHWH, mula sa Hebreong PANDIWA na “maging,” na nagpapahiwatig ng walang-hanggang buhay, tanging nabubuhay na Diyos (cf. Exodo 3:14). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣ **“iyong siniyasat ako, at nakilala ako”** Ang unang PANDIWA (BDB 350, KB 347, *Qal* GANAP) ay sinimula at winakasan ang Awit. Awit 139:21 ay isang PAUTOS na anyo, na nagpapahiwatig na ang Awit 139:1 ay maaari ding maunawaan sa isang PAUTOS na kaunawaan. Ang saligang etimolohiya ay “hukayin upang mahanap.” Sinisiyasat ni YHWH ang mga puso ng mga tao ( cf. Job 13:9; 1 Samuel 16:7; 1 Mga Hari 8:39; 1 Cronica 28:9; 2 Cronica 6:30; Awit 7:9; 44:21; Kawikaan 15:11; 20:27; 21:2; Jeremias 11:20; 17:9-10; 20:12; Lucas 16:15; Mga Gawa 1:24; 15:8; taga-Roma 8:27). Tingnan ang Natatanging Paksa: Sinusubukan ng Diyos ang Kaniyang Bayan.

▣ **“nakilala ako”** Ang OT na salita “makilala” ay ginamit dito sa kaunawaan ng “napakalapit,

personal na kaalaman" (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5; ito DI-GANAP ay ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan, tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala).

**139:2 "ang aking pag-upo at ang aking pagtindig"** Ang lubusang kaalaman ng Diyos sa bawat indibidwal na buhay (i.e., Deuteronomio 6:7) ay inilalarawan sa Awit 139:2-4.

1. pag-upo – pagtindig, Awit 139:2
2. paglalakbay – paghiga, Awit 139:3
3. wala pa ang salita – talastas na nang buo, Awit 139:4
4. Awit 139:2b,3b, at 4b ay nagsisilbing mga buod na pahayag

▣ Ang salita na isinaling "pag-iisip" (BDB 946 III) ay matatagpuan lamang dito at sa Awit 139:17. BDB ay may kahulugan nito bilang "layunin" o "dahilan." Ang LXX ay isinasalin ito bilang isang katulad na ugat ng, "mga kaibigan" (DB 946) sa Awit 139:17 ngunit mayroong "mga pag-iisip" sa 139:2.

**139:3 "Iyong sinisayasat ang aking landas"** Ang PANDIWA na "sinisiyasat" (BDB 279, KB 280, *Piel* GANAP) ay kadalasang nangangahulugang "ikalat" ngunit dito, at dito lamang, ito ay tila nagpapakilala isang pagtatahip o pagsasala. Nakikita ng KB ang ugat na maaaring mangahulugang "sukatin" (KB 280 II) sa kaunawaan ng "pagkaalam."

Ang terminong "landas" (BDB 73) ay isang talinghaga ng isang buhay (cf. Job 14:16; 31:4). Ang konsepto ay pagkakaagapay sa "magpakailan mang daan" ng Awit 139:24.

▣ **"aking higaan"** Ang Septuagint ay may terminong "higaan." Ito ay tila tumutukoy alimnan sa mga dakong hinihintuan sa gabi na tinutulugan habang naglalakbay o isang sekswal na gawain (i.e., nalalaman ng Diyos ang lahat ng mga pantaong gawain).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"malapit na kilala"** |
| **NKJV, NRSV** | **"kilala"** |
| **TEV** | **"malaman"** |
| **NJB** | **"bawat detalye"** |
| **JPSOA, REB** | **"malapit"** |

Ang Hebreong ugat (BDB 698) ay maraming kahulugan.

1. 698 I – *Qal*, "maging lingkod" o "makinabang"
   – *Hiphil* na ginamit dito at sa Bilang 22:30; Job 22:21, "makilala nang napakalapit"
2. 698 II – "mapala ang kapamahakan," Ecclesiastes 10:9 (*Niphal*)
3. 698 III – "maging mahirap," Isaias 40:20 (*Pual*)

Silang lahat ay mayroong magkakatulad na mga ugat na katinig at mga Masoretikong patinig na tuldik. Tanging ang konteksto ang makakapagbigay ng palatandaan ng kahulugan nito.

**139:4 "Sapagkat wala pa ang salita sa aking dila"** Ang Peshitta ay may "pandaraya," habang ang Septuagint ay may pariralang "di-matuwid na salita." Maliwanag sa mga sinaunang salin na pinaniniwalaan na ang Awit 139:4 ay nauugnay sa masamang panig sa sangkatauhan. Ang mga isinawikang salita ng mga tao ay ipinapahayag kung ano talaga sila (cf. Mateo 12:36,37; Marcos 7:15).

**139:5 "Iyong kinulong ako"** Ang Septuagint at ang Peshitta ay may PANDIWA na "binuo" sa halip na "kinulong" (BDB 848, KB 1015, *Qal* GANAP). Gayunman, dahil sa susunod na parirala, ang "kinulong" ay tila mas nararapat. Ang Hebreong ugat (BDB 848 II) ay may isang panghukbong kahulugan (cf. Isaias 29:3) o isang na kaunawaan ng pagkakakulong (cf. Awit ni Solomon 8:9). Dito, ito ay nagpapakilala ng makapangyarihang pangunguna at gabay ni YHWH sa buhay ng isang tao.

Ang Hebreong mga salita "sa likuran" at "sa harapan" na nagpapakilala ng Hebreong mga salita na

"silangan" at "kanluran" (cf. Job 18:20).

▣ **"inilapag mo ang iyong kamay sa akin"** Ito ay antropolohikong wika (tingnan ang Natatanging Paksa: Diyos na Inilalarawan bilang Tao). Ang "kamay" ay isang Hebreong wikain ng kapangyarihan at pamamahala (tingnan ang Natatanging Paksa: Kamay).

Ang Awit 139:5b ay isang kapahayagan ng kapangyarihan at pamamahala ni YHWH sa Kaniyang nilalang na tao (cf. Awit 139:10). Ang kaalamang ito ay kaaliwan sa mga matapat na taga-sunod at nakakakilabot sa masuwayin.

**139:6 "Ang ganyang kaalaman ay totoong kagilagilalas sa akin"** Ang Septuagint ay inilalagay ang Awit 139:6 sa kasunod na talata. Ang pariralang ito ay nagpapakilala ng isang kaalaman ng Diyos na labis-labis sa pang-unawa ng sangkatauhan (cf. Awit 139:14, 17,18; Awit 40:5; Isaias 55:8,9; taga-Roma 11:33). Sa wakas, kailangan nating magtiwal sa Diyos na walang lubusang pagkaunawa (i.e., Job 1-2,42).

Ang Hebreong terminong "kagilagilalas" ay nangangahulugang "mahirap" (cf. Deuteronomio 30:11 at Kawikaan 30:18; tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kahanga-hangang Bagay).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 139:7-12**

**7 Saan ako paroroon na mula sa iyong Espiritu?**
**O saan ako tatakas na mula sa iyong harapan?**
**8 Kung sumampa ako sa langit, nandiyan ka:**
**kung gawin ko ang aking higaan sa Sheol, narito, ikaw ay nandoon.**
**9 Kung aking kunin ang mga pakpak ng umaga,**
**at tumahan sa mga pinakadulong bahagi ng dagat;**
**10 Doon ma'y papatnubayan ako ng iyong kamay,**
**at ang iyong kanang kamay ay hahawak sa akin.**
**11 Kung aking sabihin, Tunay na tatakpan ako ng kadiliman,**
**at ang liwanag sa palibot ko ay magiging gabi;**
**12 Ang kadiliman man ay hindi nakakukubli sa iyo,**
**kundi ang gabi ay sumisilang na parang araw:**
**ang kadiliman at kaliwanagan ay magkaparis sa iyo.**

**139:7 "Saan ako paroroon mula sa Iyong Espiritu"** Ito ay di-tiyak sa ganap na kaunawaan sa katanungan upang maunawaan. Ang ilan ay nakikita ito bilang pagtatangka ng sangkatauhan na lumayo sa Diyos dahil siya ay masama. Ang iba ay nakikita ito bilang isang pangretorikong kagamita sa pagpapakita sa walang-hanggang presensiya ng Diyos. Ito ay maliwanag na ang "Iyong Espiritu" sa talatang ito ay pagkakaagapay sa "Iyong harapan" sa susunod na linya. Ito ay hindi ang buong NT Trinidad (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad) na paggamit ng terminong "Espiritu," ngunit ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng aktibong presensiya ng Diyos (cf. Genesis 1:2). Kung ako ang mag-iiba ng pangungusap ng konseptong ito, ito ay, "Walang kubling dako mula sa Diyos" (cf. Jeremias 23:23,24). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Persona ng Espiritu.

**139:8 "Kung sumampa ako sa langit"** Ito sa literal ay "antas" (BDB 701, KB 758, *Qal* DI-GANAP). Ito ay lubhang katulad sa Awit 103:11 sa naglalarawan ng walang-hanggang presensiya ng Diyos, kasinglayo ng langit sa ibabaw at *Sheol* sa ilalim.

Pansinin kung paanong ang susunod na iilang talata "na pinaghahambing" ay ginamit upang ipakita ang buong saklaw ng mga katotohanan tungkol sa walang-hanggang karunungan at walang-hanggang presensiya ng Diyos.

1. sumampa sa langit – gawin ang higaan sa *Sheol*, Awit 139:8
2. mga pakpak ng umaga (i.e., silangan) – pinakadulong bahagi ng ang dagat (i.e., Dagat

Mediteranyo sa kanluran), Awit 139:9
3. ang kadiliman – ang liwanag, Awit 139:12

Ang Diyos ay nandito saan man. Walang makakatakas mula sa Kaniya!

▣ **"gawin ko ang aking higaan sa Sheol, narito, ikaw ay nandoon"** Mayroong maraming talata sa OT ay nagsasabing ang Diyos ay nandoon sa dako ng mga patay (cf. Job 26:6; Awit 15:11; Amos 9:2). Ang terminong "*Sheol*" ay kasingkahulugan ng terminong "*Hades*" sa NT at dapat na isinalin na "ang dako ng mga patay" o "ang walangsinumang mundo." Tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay?

**139:9 "Kung. . ."** Ang HAYPOTETIKONG KATAGA (BDB 49) ay makikita lamang sa Awit 139:8a ngunit ipinagpapalagay sa 8b,9a, 9b,11a.

Ang PANG-ABAY na "man" (BDB 168) ay na ginamit sa isang magkakatulad na paraan sa Awit 139:10a,12a.

Ang Awit 139:8-12 ay sinasagot ang dalawang katanungan ng 139:7. Ito ay haypotetikong wika na ginamit upang gumawa ng isang punto.

▣ **"sa pinakadulong bahagi ng dagat"** Sa literal, ang pariralang ito ay "mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog ng araw," na magkakatulad sa Awit 130:12.

**139:10 "Doon man ay papatnubayan ako ng iyong kamay,**
**at ang iyong kanang kamay ay hahawak sa akin"** Ang tradisyunal na salin ay ipinagpapalagay ang talatang ito na nagpapahayg ng personal na gabay at pangangalaga ng Diyos. Gayunman, ang Hebreo ng Awit 139:10 at 11 ay nagmumungkahi ng pagbibigay-katauhan ng kadiliman o isang personal na kaaway pursuing na tinutugis ang tao ng Diyos.

**139:11 "Tunay na tatakpan ako ng kadiliman"** Ang mga salitang "kadiliman," Awit 139:11; "gabi," Awit 139:11; "kadiliman, Awit 139:12; "gabi," Awit 139:12 ay tila tumutukoy sa *Sheol* (cf. Awit 139:15). Ang sinaunang mga Hudyong salin nina Rashi at Eben Ezra, kasama ng NIV, ay ipinagpapalagay ang Awit 139:11 na isang pagtatangkang makalaya sa (1) makasalanang tao sa kadiliman o (2) ang matapat na mula sa mga makasalanang taga-usig.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"tatakpan"** |
| **NKJV** | **"mahuhulog"** |
| **NRSV, NJB, Vulgata** | **"tataklob"** |
| **TEV** | **"magtatago"** |
| **JPSOA** | **"magkubli"** |
| **REB** | **"nakawin"** |

Ang MT ay may שׁוּף (BDB 1003), na ay nangangahulugang "bugbog" (cf. Genesis 3:15; Job 9:17) ngunit ito ay tila hindi umaakma sa konteksto. Samakatuwid, ang ilang mga iskolar ay iminumungkahi ang isang pag-aayos sa שׂיכניי (BDB 962) "bakod" o "nakapalibot na pader" (i.e., ipagtanggol o takpan).

Kung anuman ang kahulugan ng "ang kadiliman," ang Diyos ay may pamamahala dito, at ang Kaniyang matapat na mga taga-sunod ay hindi dapat matako! Ito ay maaaring isang pagkakataon para sa kapahayagan (cf. Genesis 15:12) o pagpapalaya (salot ng Ehipto, cf. Exodo 10:21- 19; Awit 105:28).

**139:12 "ang kadiliman man ay hindi nakakukubli sa iyo"** Ang kadiliman ay maaaring (1) ang kasalungat ng liwanag; (2) ang kaaway ng liwanag; (3) isang personal na kaaway; o (4) magdamag na panahon lamang.

Ang takipsilim ay nakapangingilabot sa mga sinauna. Kadalasan nilang kinakatawan ang mga tunog at mga liwanag ng himpapawid bilang mga diyos o mga babala. Si YHWH ang namamahala ng gabi!

▣ **"ang kadiliman at kaliwanagan ay magkapari sa iyo"** Walang dakong matatakbuhan o matataguan mula sa Manlilikha (cf. Awit 139:7)!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 139:13-16**
**13 Sapagkat iyong inanyo ang aking mga lamang loob:**
**iyo akong tinakpan sa bahay-bata ng aking ina.**
**14 Ako ay magpapasalamat sa iyo; sapagkat nilalang ako na kakilakilabot at kagilagilalas:**
**kagilagilalas ang iyong mga gawa;**
**at nalalamang mabuti ng aking kaluluwa.**
**15 Ang katawan ko'y hindi nakubli sa iyo,**
**nang ako ay gawin sa lihim,**
**at yariing mainam sa mga pinakamababang bahagi sa lupa.**
**16 Nakita ng iyong mga mata ang aking mga sangkap na di sakdal,**
**at sa iyong aklat ay pawang nangasulat,**
**kahit na ang mga araw na itinakda sa akin,**
**nang wala pang anoman sa kanila,**

**139:13**
**NASB, NKJV,**
**NRSV "inanyo"**
**TEV, NJB,**
**JPSOA "linikha"**
**REB "inihugis"**
**LXX "tinaglay"**

Ang PANDIWA (BDB 888, KB 1111, *Qal* GANAP) ay kadalasang nangangahulugang "bumili" ngunit ito ay ginamit sa gawaing paglilikha ng Diyos nang maraming beses (cf. Genesis 14:19,22; Deuteronomio 32:6; Kawikaan 8:22). Dito, ito ay nagpapakilala ng natatangi, personal na pagkalinga ng Diyos sa pagbuo ng mga nilalang na tao. Gaya ng Kaniyang paglikha kina Adam (Genesis 2:8) at Eba (Genesis 2:18,21-22) na may natatanging pagkalinga at layunin, kaya gayundin, sa bawat taong ginawa sa Kaniyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga tao ay natatangi!

▣ **"mga lamang loob"** Ang Hebreong termino (BDB 480) ay nagpapakilala ng ng mga lamang-loob sa ibaba ng mga tao (lalo na, "mga bato"), na isang Hebraikong wikain para sa emosyon at kalooban ng tao. Ang paglalang na ito ng Diyos ay nagpapahiwatig ng pagbubuo ng mga tao mula sa sinapupunan (cf. Jeremias 1:5) at kaniyang pagkatao o personalidad.

▣ **"iyo akong tinakpan sa bahay-bata ng aking ina"** Ang terminong "tinakpan" (BDB 697 II, KB 754 II) sa literal, ay di-karaniwang Hebreong salita sa "paghabi." Ito ay matatagpuan lamang sa ilang mga lugar.

1. *Qal* – Awit 139:13
2. *Niphal* – Kawikaan 8:23 (maaaring kaugnay na termino)
3. *Poel* – Job 10:11

Ang katulad na ugat (KB 754 III) ay isinalin na "panakip" (cf. Panaghoy 3:43,44). Ang salita ay di-karaniwan at may kalabuan ngunit mula sa konteksto ang kahulugan ay malinaw. Ang Hebreong pagkakaagapay ay napakalaking tulong sa pagpapaliwanag ng mga di-karaniwang termino.

**139:14-16** Ang UBS *Handbook* (p. 1130) ay sinasabing "Ang salin ng mga talata 14-16 ay puno ng kahirapan, at nakapa kaunting mga tagapagpaliwanag o mga tagasalin ay dogmatiko tungkol sa tumpak na kahulugan ng Masoretikong teksto." Kung magkagayon nga, walang doktrina na hindi maliwanag na naituro sa ibang bahagi ng Kasulatan ay dapat magbatay sa mga talatang ito. Ang ANE na panulaan ay may kadulasan. Ito ay para sa padamdaming pagtama at hindi tumungo sa pang-gramatiko at leksikong pagsusuri. Tandaang, ang konteksto, konteksto, konteksto ay napakahalaga. Hebreong pagkaagapay ay isa ring mas mabuting gabay kasya sa mga kaugnay na Semitikong ugat! Tingnan ang Natatanging Paksa: Hebreong Panulaan.

**139:14 "Ako ay magpapasalamat sa iyo; sapagkat nilalang ako na kakilakilabot at kagilagilalas"** Ang Septuagint at ang RSV ginawang Diyos, hindi tao, ang layon ng kapahayagang ito. Ang Today's English Version, na sumusunod sa Dead Sea Scrolls, ay tila sa sumasang-ayon sa pagkaunawang ito. Ang MT ay may "Ako."

Ang dalawang termino

1. kakilakilabot – BDB 431, KB 432, *Niphal* PANDIWARI
2. kagilagilalas – BDB 811, KB 930, *Nipahl* GANAP

Kung ang dalawang mga terminong ito ay tumutukoy sa Diyos, ngayon, sila ay pagkakaagapay sa susunod na linya ng panulaan, "kagilagilalas ay Iyong mga gawa" (Awit 139:14b).

Ang JPSOA ay isinasalin ang istropang ito (Awit 139:13-16) na tila tumutukoy sa paglalang ng Diyos sa isang tao at hindi isang paglalarawan sa Diyos sa Awit 139:14.

**139:15**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV, JPSOA** | **"katawan"** |
| **TEV** | **"mga buto"** |
| **REB** | **"laman"** |

Ang Hebreong PANGNGALAN (BDB 787, KB 870) ay kadalasang nangangahulugang "lakas" (cf. Deuteronomio 8:17). Tanging dito, ang BDB ay may "mga buto" (tingnan ang NIDOTTE, tomo 3, pp. 499-500), bagaman ang ugat ay ginamit sa mga buto ng isang pag-aalay (cf. Bilang 9:12) o mga buto ng tao (cf. Bilang 19:16,18). Ang kaunawaan dito ay kalansay ng tao.

▣ **"nang ako'y gawin sa lihim"** Mayroong maraming kaunawaan sa talatang ito:

1. nauugnay ang terminong "lihim" (BDB 712) at ang pagkakaagapay parirala, "sa pinakamababang bahagi ng mundo," isa pang pangalan para sa *Sheol* (cf. Awit 63:9; Job 14:13; 40:13; Isaias 45:19)
2. nauugnay ito sa paglalang kay Adan mula sa alabok (cf. Genesis 2:7) at ating paglalang mula sa alabok na kinakatawan ng mga kalaliman ng mundo (cf. Ecclesiasticus 40:1)
3. isa pang posibilidad ay paggamit ng "paggiging kubli" sa sinapupunan at ang "pagiging kubli" ng walang sinumang mundo bilang patulang paglalarawan, hindi teolohikong pagpapahayag

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"yariing mainam"** |
| **NRSV** | **"masikot na habi"** |
| **TEV** | **"pinagsama"** |
| **NJB** | **"binubuo"** |
| **JPSOA** | **"hinugis"** |
| **REB** | **"binuo"** |

Ang Hebreong ugat, רקם (BDB 955), ay nangangahulugang "nagkakaiba-iba." Ang *Pual* ay matatagpuan lamang dito. Ang NRSV ay literal. Ngunit ang ugat ay maaaring tumukoy sa "pagmamasa" putik o minasang harina (AB, p. 294; TEV, NJB, JPSOA, REB).

**139:16 "Iyong mga mata"** Ang OT ay kadalasang gumagamit ng antropomorpikong wika na naglalarawan sa Diyos. Ang mga tao ay walang ibang wika na gagamiting ngunit ito ay palaging pagtutulad lamang. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Diyos na Inilalarawan bilang Tao.

▣ **"sangkap na di sakdal"** Ang hapax legomenon na ito ay mauunawan sa dalawang iba't-ibang paraan:

1. sa pagbuo ng sanggol ay nalalaman ng Diyos (cf. Awit 139:13-16a; AV, RV, NEV, JPSOA
2. sa lahat ng buhay na kilala ng Diyos, kahit na bago ipanganak (cf. LXX, REV, JB, NASV, TEV), ay batay sa kontekstwal na kaugnayan sa Awit 139:16b

Ang "di sakdal" (BDB 166) ay mula sa ugat "na maglihis" (cf. 2 Mga Hari 2:8) ngunit dito sa Aramaikong kaunawaan na "di natapos na sisidlan." Ang AB (p. 295) ay isinasalin ito bilang "mga yugto ng buhay," mula sa Ugaritikong ugat.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"itinakda"** |
| **NKJV, REB** | **"inihugis"** |
| **NRSV, JPSOA** | **"binuo"** |
| **TEV** | **"inukol"** |
| **NJB** | **"inukit"** |

Ang PANDIWA (BDB 427, KB 428; Owens, *Analytical Key to the OT*, ay tinawag itong isang *Pual* GANAP, habang ang *OT Parsing Guide* ay tinawag itong isang *Qal* BALINTIYAK NA) ay nagpapakilala ng mga nilikha ng isang nagpapalayok (cf. Jeremias 1:5). Ang PANDIWA, tulad ng lubhang marami sa Awit na ito, ay nagpapakilala ng makapangyarihang mga gawa at kalooban ng Diyos.

▣ **"sa iyong aklat ay pawang nangasulat"** Ito ay tumutukoy sa dalawang mga aklat na nabanggit sa Daniel 7:10 at Pahayag 20:12: (1) ang Aklat ng Buhay (cf. Exodo 32:32; Awit 69:25; Lucas 10:20) o (2) ang Aklat ng mga Ala-ala (cf. Awit 56:8; Mal. 3:16). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Dalawang Aklat.

Nalalaman ni YHWH ang ating mga buhay, mga kaisipan, at mga gawa bago sila maisakatuparan sa panahon (Pahayag 13:8).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 139:17-18**

**17Pagka mahalaga rin ng iyong mga pagiisip sa akin, Oh Diyos!**
**Pagka dakila ng kabuoan nila!**
**18Kung aking bibilangin, higit sila sa bilang kay sa buhangin:**
**pagka ako ay nagigising ay laging nasa iyo ako.**

**139:17 "Pagka mahalaga rin ng iyong mga pagiisip sa akin, Oh Diyos"** Ang saling "mahalaga" ay mula sa Hebreong ugat "mabigat" o "matimbang" (BDB 429, cf. Awit 116:15). Ang Septuagint ay isinasalin ang pariralang ito, "Iyong mga kaibigan, Oh Diyos, ay lubusang kong pinarangalan." Para sa isang pagkakaagapay sa Awit 139:17 tingnan ang Awit 40:5.

▣ **"Pagka dakila ng kabuoan nila"** Mayroong maraming mgs isyu sa pagpapaliwag sa pariralang ito.

1. Ang terminong "dakila" (BDB 782 II) ay isinaling "mga buto" sa Awit 139:16 ngunit ito ay tila walang kontekstwal na ugnayan sa pagitan nila.
2. Ang terminong "kabuoan" (BDB 910 I) sa literal ay "ulo." Ito ay maaaring "kubuoan ng isang haligi ng mga bilang." Ang mga sinauna ay nagdadagdag pataas, hind pababa. Ito ay gumagawa ng isang mabuting pagkakaagapay sa Awit 139:18a.

   Gayunman, AB (p. 296) ay nagpapahayag ng isang mas mabuting salin na "diwa," na

sumusunod sa Awit 119:160.

Ang LXX ay ipinaliwanag ito salita bilang “mga pinuno” o “mga kapamahalaan.” Mayroong maliwanag na kalabuan dito. Tandaang ito ay Hebreong panulaan, na gumagamit ng maraming hapax legomena at di-karaniwang mga salita.

**139:18 “Kung aking bibilangin, higit sila sa bilang kay sa buhangin”** Ang Awit 139:17 at 18 ay kahanga-hanga sa kaunawaan na ang nakakaalam sa lahat, ang makapangyarihan sa lahat, palaging-umiiral na Diyos ay nangangalinga sa lahat ng Kaniyang mga nilalang na tao!

▣ **“pagka ako'y nagigising ay laging nasa iyo ako”** Ang pariralang “nagigising” ay GANAP NA PANAHUNAN sa Hebreo. Mayroong maraming mga teoriya tungkol sa kahulugan nito.

1. na ito ay tumutukoy sa Hebreong konsepto sa harapan Diyos (cf. Awit 73:23)
2. na ilang Hebreong kasulatan ay may terminong “natapos na” na nagbibigay ng kaunawaan na “natapos sa pagbibilang ng iyong pagpapala”
3. ilang ay tinatanganan ito bilang walang-hanggang buhay sa Diyos (cf. Awit 17:15; 23:6)
4. ang salmista ay nakatulog habang ng bibilang ng mga mga pagpapala ng Diyos at muling gumising upang patuloy na hanapin ang Kaniyang presensiya (dahil hindi siya matapos-tapos sa pagbibilang, cf. Awit 3:5; Kawikaan 3:24).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 139:19-22**

**19 Walang pagsalang iyong papatayin ang masama, Oh Diyos:**
**hiwalayan nga ninyo ako, Oh mga mabagsik na tao.**
**20 Sapagkat sila ay nangagsasalita laban sa iyo ng kasamaan,**
**at ginagamit ng iyong mga kaaway ang iyong pangalan sa walang kabuluhan.**
**21 Hindi ko ba ipinagtatanim sila, Oh Panginoon, na nagtatanim sa iyo?**
**At hindi ba kinapapanglawan ko ang mga yaon na nagsisibangon laban sa iyo?**
**22 Aking ipinagtatanim sila ng lubos na kapootan:**
**sila ay naging mga kaaway ko.**

**139:19 “Walang pagsalang iyong papatayin ang masama, Oh Diyos”** Sa una, ang huling istropa ay tila isang radikal na pagtigil sa konteksto, ngunit ito ay tunay na pagpapatuloy ng kaisipan ng isang matuwid Diyos at Kaniyang Personal na Presensiya sa isang makasalanang mundo. Ang masama ay ipinapakilala sa limang mga parirala.

1. sila ay mga mamamatay-tao, Awit 139:19b
2. sila ay nangagsasalita ng kasamaan, Awit 139:20a
3. kanilang ginagamit ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan, Awit 139:20b
4. sila ay nagtatanim ng galit sa Diyos, Awit 139:21a
5. sila ay nagsisibangon laban sa Diyos, Awit 139:21b

Ang salmista ay nagnanais na sila ay makaranas ng mga sumpa ng Levitico 26 at Deuteronomio 27-30. Ang “dalawang paraan” ay may malinaw na mga kahihinatnan sa panahon at kawalang-hanggan (cf. Deuteronomio 30:15,19; Awit 1).

▣ **“hiwalayan nga ninyo ako”** Tingnan ang Awit 6:8; 119:115; Mateo 7:23. Ito ay tiyak na kasalungat ng Awit 139:18b, na nagpapahayag ng presensiya ng Diyos sa Kaniyang matapat na mga taga-sunod.

Ang huling istropang ito ay ipinakilala ng MGA PAUTOS (pito). Walang ibang MGA PAUTOS sa Awit na ito.

1. hiwalayan ako, Awit 139:19 – BDB 693, KB 747, *Qal* PAUTOS ipinahahayag sa “masama”
2. siyasatin, Awit 139:23 – BDB 350, KB 347, *Qal* PAUTOS; katulad na ugat ay makikita sa Awit 139:1, ipinahayag sa Diyos, cf. Awit 26:2; mga bilang 2-7 ay ipinahayag sa Diyos ng salmista

3. alamin ang aking puso, Awit 139:23 (dalawang beses) – BDB 393, KB 390, *Qal* PAUTOS, tingnan ang Awit 139:1,2,14, inihayag sa Diyos
4. subukin ako, Awit 139:23 – BDB 103, KB 119, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 7:9; 11:5
5. alamin, Awit 139:23 – katulad sa #3
6. tingnan, Awit 139:24 – BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS
7. pagnubayan ako, Awit 139:24 – BDB 634, KB 685, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 5:8; 31:3

**139:20 "at ginagamit ng iyong mga kaaway ang iyong pangalan sa walang kabuluhan"** Pansinin na ang "Iyong pangalan" ay na nakapahilis, na nangangahulugan na ito ay hindi sa Hebreong teksto. Ang literal na Hebreong teksto, na sinusundan ng Septuagint, ay may "ang iyong mga lungson ay walang kabuluhan," ngunit ito ay tila mahirap na maunawaang salin. Ang UBS Text Project ay nagkakaloob sa pagbasang ito ng isang "C" na antas (i.e., malaking pagduruda). Ito ay maaaring sa muling pagbigkas ng "gamitin sa walang kabuluhan" sa kaunawaan ng "hanayin laban sa." Ito ay di-tiyak kung tumutukoy sa mga tao na totoong mangmang sa Diyos o kung sila na mga agresibong bulaang guro.

**139:20-22** Ito ay matuwid na pagkagalit ng salmisa!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 139:23-24**

**23 Siyasatin mo ako, Oh Diyos, at alamin mo ang aking puso;**
**subukin mo ako, at alamin mo ang aking mga pagiisip:**
**24 At tingnan mo kung may anomang lakad ng kasamaan sa akin,**
**at patnubayan mo ako sa daang walang hanggan.**

**139:24 "lakad ng kasamaan sa akin"** Ang ilan ay isinalin ito bilang "daan na sumasamba sa diyus-diyosan" (BDB 780 I). Ito ay maaaring dahil ang terminong "daan" ay maaaring muling isatinig na "hawakang umuugoy-ugoy." Ito ay maliwanag na ang may-akda ay hindi nagnanais ng mga pag-uugali o mga pagkilos ng masama, na tinalakay sa Awit 139:19-22, sa kaniyang buhay kahit na hindi niya agad-agad nakikilala sila.

Ang ibang opsyon (AB, p. 285) ay makita ang Awit na ito na gaya ng nilalang na mula sa isang maka-Diyos na tao na pinaparatangan ng pagsamba sa Diyus-diyosan.

▣ **"daang walang hanggan"** Ito ay pinag-iiba sa daan ng masama (cf. Awit 1:1,4-5). Ang kanilang daan ay lilipas ngunit ang pagsunod sa kalooban ng Diyos sa magbubunga ng walang-hanggang buhay (cf. Awit 16:11; Jeremias 6:16; 18:15; Job 22:15). Ang sinaunang daan ay lumago sa OT na konsepto ng biblikal na pananampalataya bilang isang pamumuhay at naging lubusang lumago sa titulo sa NT para sa ang naunang iglesiya tinawag na "Ang Daan."

Ang PANGNGALAN na "magpakailan man" (BDB 761) ay ang Hebreong *'olam*, tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip,

hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang Awit na ito ay lubhang sumasaklaw sa puso at isipan ng makabagong tao?
2. Ano ang sinasabi ng Awit na ito tungkol sa Diyos sa ating araw-araw na buhay?
3. Paano umaakma ang mga negatibong pahayag ng Awit 139:19-22 sa pangkalahatang layunin ng biblikal na may-akda?

# AWIT 140

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin sa Pagkalinga laban sa mga Masasama<br>Panimula sa MT<br>Para sa punong mang-aawit. Isang Awit ni David. | Panalangin sa Pagpapalaya mula sa Masasamang Tao | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa Personal na Mga Kaaway (Isang Panaghoy) | Panalangin sa Pagkalinga | Laban sa mga Masasama |
| 140:1-3 | 140:1-3 | 140:1-3 | 140:1-3 | 140:1-3 |
| 140:4-5 | 140:4-5 | 140:4-5 | 140:4-5 | 140:4-5 |
| 140:6-8 | 140:6-8 | 140:6-8 | 140:6-8 | 140:6-8b |
| | | | | 140:8c-11 |
| 140:9-11 | 140:9-11 | 140:9-11 | 140:9-11 | |
| 140:12-13 | 140:12-13 | 140:12-13 | 140:12-13 | 140:12-13 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Maraming mga pangalan para sa Diyos ang ginamit sa Awit na ito.
   1. YHWH, Awit 140:1,4,6 (dalawang beses),7,8,12
   2. Diyos (i.e., *El*), Awit 140:6
   3. *Adon*, Awit 140:7

B. Pansinin kung paano ipinakilala ang iba't-ibang mga tao.
   1. ang di-matapat
      a. masamang na tao, Awit 140:1a
      b. marahas na tao, Awit 140:1b,4b
      c. nagaakala ng kasamaan sa kanilang mga puso, Awit 140:2a
      d. nagpipipisan sa pagdidigma, Awit 140:2b

e. kanilang inihasa ang kanilang dila na parang ahas, Awit 140:3a
f. kamandag ng mga ahas na nasa kanilang mga labi, Awit 140:3b
g. masamang tao, Awit 140:4a
h. nag-akalang iligaw, Awit 140:4c
i. ipinagkubli ng palalo ng silo, Awit 140:5a
j. ipinaglagay ng bating, Awit 140:5b
k. naglagay ng mga silo, Awit 140:5c

2. Diyos ng Israel
   a. nagliligtas, Awit 140:1a
   b. nag-iingat, Awit 140:1b,4b
   c. nag-iingat, Awit 140:4a
   d. Siya ang *El*, Awit 140:6a
   e. nagkakaloob pandinig, Awit 140:6b
   f. Siya ang kalakasan ng kaligtasan, Awit 140:7a (only dito sa ang OT)
   g. tagapagtanggol sa digmaan, Awit 140:7b
   h. aalayan ng usap ng nagdadalamhati, Awit 140:12a
   i. katarungan para sa mahihirap, Awit 140:12b
3. matapat na mga taga-sunod
   a. ang nagdalamhati, Awit 140:12a
   b. ang mapagkailangan, Awit 140:12b
   c. ang matuwid ay nagpapalasamat, Awit 140:13a
   d. ang matuwid nananahan kasama ng Diyos, Awit 140:13b

C. Ang Awit na ito maliwanag na naglalarawan ng "ang dalawang paraan" (cf. Deuteronomio 30:15,19; Awit 1).

D. Ang Awit na ito, tulad ng Awit 139, ay may malaking bilang ng hapax legomena at di-karaniwang mga salita.

E. Ang Masoretikong mga iskolar ay nagmungkahi ng tatlong pagbabago (*Qere*) sa MT, ang isa sa Awit 140:10,11,13, na nagpapakita ng kalituhan sa teksto.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 140:1-3**
**1 Iligtas mo ako, Oh Panginoon, sa masamang tao;**
**ingatan mo ako sa marahas na tao:**
**2 Na nagaakala ng kasamaan sa kanilang puso:**
**laging nagpipipisan sila sa pagdidigma.**
**3 Kanilang inihasa ang kanilang dila na parang ahas;**
**kamandag ng mga ahas ay nasa kanilang mga labi. (Selah)**

**140:1-3,4-5** Ang mga dalawang istropa ay pagkakaagapay sa maraming paraan, lalo na sa Awit140:1 at 4 na mga panalangin sa Diyos. Ang pangalawang linya ng kapwa ay MGA DI-GANAP na ginamit bilang MGA PANGKAUTUSAN o maaaring isang PAUTOS NG KAHILINGAN. Kaya ang unang PANDIWA ng Awit 140:1, "iligtas" (BDB 322, KB 321, *Piel* PAUTOS), ay pagkakaagapay sa "ingatan" (BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAUTOS) ng Awit 140:4.

Ang pangalawang linya ng kapwa Awit 140:1 at 4 ay magkatulad. Ang masama ay samakatuwid ay ipinapakilala sa Awit 140:2-3 at 4c-5.

**140:2 "nagaakala ng kasamaan"** Ito ay katangian nilang hindi sumusunod sa Diyos (cf. Awit 7:14; 36:4; 52:2; Kawikaan 3:29; 6:14; Isaias 59:4; Osea 7:15; Mikas 2:1; Nahum 1:9). Sa pamamagitan ng kanilang mga pagkilos malalaman mo kung sino ang kanilang ama (cf. Juan 8:39-44)! Sa kanilang bunga ay makikilala mo sila (cf. Mateo 7:15-23)!

Ang katulad na PANDIWA, "nag-aakala" (BDB 362, KB 359, *Qal* GANAP) ay inulit sa Awit 140:4c.

▣ **"puso"** Ito ay isang Hebreong wikain para sa ang buong tao. Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso.

▣ **"laging nagpipipisan sa pagdidigma"** Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa pang-personal na alitan, hindi panghukbong pakikipaglaban sa pagitan ng mga bansa (tingnan ang NET Bible, #21, p. 1005). Ito ay maaaring na gaya ng Awit 139 na maaaring isinulat laban sa panghukumang kalagayan ng pagpaparatang ng pagsamba sa Diyus-diyosan, kaya gayundin, sa Awit 140 (lalo na sa Awit 140:12).

**140:3** Pansinin ang bilang ng mga salita na mayroong שׁ sa kanila (i.e., paglalaro ng tunog).

1. PANDIWA, "inihasa" (BDB 1041)
2. PANGNGALAN, "dila" (BDB 546)
3. PANGNGALAN, "ahas" (BDB 638)
4. PANGNGALAN, "mga ahas" (BDB 747)
5. kanilang mga labi (BDB 973)

Ang lahat ay naglalayon ng paglalaro sa sagitsit na tunog ng isang ahas. Sinisipi ni Pablo ang talatang ito sa taga-Roma 3:13 bilang isa sa maraming halimbawa mula sa OT ng kasalanan ng sangkatauhan (cf. taga-Roma 3:9-18,23). Tingnan ang tala sa Awit 130:3-4.

▣ **"ahas"** Ang PANGNGALAN (BDB 747, עכשׁוב) ay matatagpuan lamang dito sa OT. Karamihan ng mga salin ay may "ahas" o "ulupong" o "kobra" ngunit ang ilan (REB) ay may "gagamba" (BDB 747, עכביש).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 140:4-5**

**4 Ingatan mo ako, Oh Panginoon, sa mga kamay ng masama;**
**ingatan mo ako sa marahas na tao:**
**na nagakalang iligaw ang aking mga hakbang.**
**5 Ipinagkubli ako ng palalo ng silo, at ng mga panali;**
**kanilang ipinaglagay ako ng bating sa tabi ng daan;**
**sila ay naglagay ng mga silo na ukol sa akin. (Selah)**

**140:4-5** Pansinin ang magkakadugtong na mga talinghaga sa pangangaso (cf. Awit 9:15; 31:4; 35:7; 64:5; 119:110; 141:9-10; 142:3).

1. iligaw ang aking hakbang, Awit 140:4c
2. ipinagkubli ng isang silo, Awit 140:5a
3. ipinagkubli ng mga panali, Awit 140:5a
4. ipinaglagay ng bating sa daan, Awit 140:5b
5. naglagay ng mga silo

**140:5,8 "Selah"** Tingnan ang buong tala sa Awit 3:2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 140:6-8**

**6 Aking sinabi sa Panginoon. Ikaw ay Diyos ko:**
**Pakinggan mo ang tinig ng aking mga dalangin, Oh Panginoon.**
**7 Oh Diyos na Panginoon, na kalakasan ng aking kaligtasan,**
**iyong tinakpan ang ulo ko sa kaarawan ng pagbabaka.**

> [8]**Huwag mong ipagkaloob, Oh Panginoon, ang mga nasa ng masama;**
> **huwag mong papangyarihin ang kaniyang masamang haka; sila ay mangagmalaki. (Selah)**

**140:6-7** Ito ay pangkasunduang wika. Ang matapat na taga-sunod ay nananawagan sa kaniyang matapat na Diyos para sa tulong at pagpapalaya.

Pansinin ang mga kahilingan sa panalangin.

1. iligtas ako, Awit 140:1a
2. ingatan ako, Awit 140:1b
3. ingatan ako, Awit 140:4a
4. ingatan ako, Awit 140:4b
5. pakinggan, Awit 140:6b
6. huwag ipagkaloob ang mga nasa ng masama, Awit 140:8a
7. huwag papangyarihin ang kanilang masamang haka, Awit 140:8b
8. takpan sila ng kasamaan ng kanilang sariling mga labi, Awit 140:9b
9. Mahulog sa kanila ang mga bagang nagniningas, Awit 140:10a
10. mangahagis sila sa apoy, Awit 140:10b
11. mangahagis sila sa mga malalim na hukay upang huwag silang mangakabangon, Awit 140:10c
12. ang mapagsalita ng masama ay hindi matatatag, Awit 140:11a
13. huhulihin ng kasamaan ang marahas na lalake, Awit 140:11b

Ang mga ito ay isang pagsasama ng MGA PAUTOS, MGA DI-GANAP na ginamit bilang MGA PAUTOS, MGA DI-GANAP na ginamit bilang MGA PANGKAUTUSAN, at MGA PANGKAUTUSAN. Ang Awit na ito ay isang panalangin para sa katarungan na isasakatuparan sa buktot, marahas, masama, mayabang, sinungaling na tao!

**140:8 "mga nasa"** Ang terminong ito (BDB 16) ay matatagpuan lamang dito sa OT. Ang salmista ay dinadalangin na ang "mga pagnanasa" ng masama ay hindi maisakatuparan. Ang Diyos ay nagkakaloob ang "pagnanais" ng puso ng matapat na mga taga-sunod dahil Siya ang naglalagak nito sa kanila. Ang ating "pagnanais" (at ating mga salita) ay maliwanag na naghahayag ng ating mga puso!

▣ **"haka"** Ang terminong ito (BDB 273) ay matatagpuan lamang dito sa ang OT.

> **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 140:9-11**
> [9]**Tungkol sa ulo niyaong nagsisikubkob sa aking palibot,**
> **takpan sila ng kasamaan ng kanilang sariling mga labi.**
> [10]**Mahulog sa kanila ang mga bagang nagniningas:**
> **mangahagis sila sa apoy;**
> **sa mga malalim na hukay, upang huwag na silang mangakabangon uli.**
> [11]**Ang mapagsalita ng masama ay hindi matatatag sa lupa:**
> **huhulihin ng kasamaan ang marahas na lalake upang ibuwal siya.**

**140:9 "sa ulo"** Ang Hebreong salita (BDB 910) ay tumutukoy sa (1) ang pinuno o bumubuo ng masama, marahas, sinungaling, mayabang na lalaki na nagplano laban sa salmista o (2) isang wikain para sa pagiging matagumpay. Ang bilang 2 ang pinaka umaakma sa konteksto. Mayroong maraming "PANLAHAT NA PANG-ISAHAN" sa Awit na ito.

**140:10 "apoy"** Ito ay isang simbolo ng kahatulan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy.

▣
**NASB, NKJV** **"mga malalim na hukay"**
**NRSV, TEV,**

**JPSOA** **"mga hukay"**
**NJB** **"burak"**
**REB** **"mga maburak na kalaliman"**

Ang terminong ito (BDB 243) ay makikita lamang dito. BDB ay may ang meaning ng "watery pit" o "baha." Para sa tubig bilang isang sinaunang simbolo ng chaos, tingnan ang Natatanging Paksa: Waters.

Ito ay also maaaring na ang paglalarawan ng ang talatang ito ay tumutukoy sa isang fiery *Sheol* (cf. Deuteronomio 32:22). Tingnan ang Natatanging Paksa: *Sheol*.

**140:11 "ibuwal"** Ang terminong ito (BDB 191) ay makikita lamang dito sa ang OT. Ito ay tila nangangaluhugang "hampas nang hampas," samakatuwid, ito ay nagpapakilala karahasan. Ang NIDOTTE, tomo 1, p. 934, ay nagmumungkahi ng "madalian" ay nagpapahiwatig na "ang mabapasalit nang masama ay mawawasak bago siya maging matatag sa bansa" (i.e., Ipinangakong Lupain).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 140:12-13**
**12 Nalalaman ko na aalalayan ng Panginoon ang usap ng nagdadalamhati,**
**at ang matuwid ng mapagkailangan.**
**13 Walang pagsalang ang matuwid ay magpapasalamat sa iyong pangalan:**
**ang matuwid ay tatahan sa iyong harapan.**

**140:12 "ang nagdadalamhati. . .ang mapagkailangan"** Ang mga ito ay kadalasang ginagamit sa isang Salmo para sa matapat na mga taga-sunod (cf. Awit 9:18; 34:6; 40:17; 70:5; 86:1; 109:22). Ito ay maaaring ang pinagmula ng paglalarawan ni Hesus sa Mateo 5:3-4.

**140:13 "Iyong pangalan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

▣ **"tatahan sa iyong harapan"** Ito ay maaaring tumukoy sa
1. pagsamba sa templo
2. isang kabilang buhay kasama ang Diyos

Tanging ang konteksto ang makakapagsabi; tingnan ang Awit 11:7; 16:11; 17:15; 23:6; 31:20.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maaaring maiuugnay ang Awit na ito sa Awit 139?
2. Itala ang mga paraan na inilalarawan ang masama.
3. Bakit itinuturing ang Awit 140:6 at 7 na pagpapahayag ng pananampalataya ng salmista?
4. Sa anong pangkat ang pinatutungkulan ang terminong "nagdadalamhati" at "mahirap"?
5. Ang Awit 140:13b ba ay tumutukoy sa pagsamba sa templo o kawalang-hanggan kasama ang Diyos?

# AWIT 141

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panggabing Panalangin para sa Pagpapapaging-banal at Pagkalinga<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David. | Mga Panalangin para sa Pag-iingat mula sa Kasamaan | Panalangin para sa Pagpapalaya mula sa Personal na Mga Kaaway<br>(Isang Panaghoy) | Isang Panggabing Panalangin | Laban sa mga Pang-aakit ng Masama |
| 141:1-4 | 141:1-2 | 141:1-2 | 141:1-2 | 141:1-2 |
| | 141:3-4 | 141:3-4 | 141:3-4 | 141:3-4b |
| | | | | 141:4c-5 |
| 141:5-7 | 141:5a-e | 141:5-7 | 141:5-7 | |
| | 141:5f-7 | | | |
| | | | | 141:6-7 |
| 141:8-10 | 141:8-10 | 141:8-10 | 141:8-10 | 141:8-9 |
| | | | | 141:10 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ang Awit na ito ay itinakda sa isang panggabing oras ng pagsamba sa templo (Awit 141:2).

B. Tulad ng mga Awit 139 at 140, ang Awit na ito ay gumagamit ng isang legal na terminolohiya.
   1. huwag hayaang magsalita ang salmista (Awit 141:3)
   2. ang masama ay kapwa (Awit 141:6)
      a. mga hukom
      b. mga saksi

C. Ang paglalarawan ng pangangaso ay muling tumutukoy sa mga taga-usig ng salmista (cf. Awit 140:4-5).
   1. ang silo, Awit 141:9a
   2. mga silo, Awit 141:9b
   3. mga bating, Awit 141:10a

D. Nangingibabaw sa Awit na ito ang mga kahilingan sa panalangin (MGA PAUTOS/MGA PANGKAUTUSAN).
   1. para sa ang salmista
      a. magmadali sa akin, Awit 141:1a – BDB 301, KB 300, *Qal* PAUTOS
      b. pakinggan mo, Awit 141:1b – BDB 24, KB 27, *Hiphil* PAUTOS
      c. malagay ang aking dalangin, Awit 141:2a – BDB 465, KB 464, *Niphal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
      d. maglagay ng bantay sa harap ng bibig, Awit 141:3a – BDB 1011, KB 1483, *Qal* PAUTOS
      e. ingatan mo ang pintuan ng aking mga labi, Awit 141:3b – BDB 665, KB 718, *Qal* PAUTOS; ang salitang "pintuan" (BDB 194) ay makikita lamang dito sa OT
      f. huwag mong ikiling ang aking puso sa anumang masamang bagay , Awit 141:4a – BDB 639, KB 692, *Hiphil* PANGKAUTUSAN
      g. sugatan ako ng matuwid, magiging kagandahan ng loob, Awit 141:5a – BDB 240, KB 249, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
      h. sugatan ako ng matuwid, Awit 141:5a – BDB 406, KB 410, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
      i. huwag tanggihan ng aking ulo, Awit 141:5c – BDB 626, KB 677, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
      j. huwag iwan ang aking kaluluwa sa walang magkandili, Awit 141:8b – BDB 788, KB 881, *Piel* PANGKAUTUSAN
      k. iligtas ako sa sila na kanilang inilagay, Awit 141:9a – BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAUTOS
      l. hayaan akong dumaan nang ligtas, Awit 141:10b – BDB 716, KB 778, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan
   2. para sa ang masama
      a. aking panalangin ay laban sa kanilang mga masamang gawa
         (1) ihagis sa kanilang mga hukom, Awit 141:6a
         (2) ang mga buto ay nangangalat sa Sheol, Awit 141:7b
      b. bumagsak ang masama sa kanilang sariling bitag, Awit 141:9b – BDB 656, KB 709, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (i.e., pagkabaliktad ng tungkulin)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 141:1-4**

**1 Panginoon, ako ay tumawag sa iyo: magmadali ka sa akin:**
**pakinggan mo ang tinig ko, pagka ako ay tumatawag sa iyo.**
**2 Malagay ang aking dalangin na parang kamangyan sa harap mo;**
**ang pagtataas ng aking mga kamay na parang hain sa kinahapunan.**
**3 Maglagay ka ng bantay, Oh Panginoon, sa harap ng aking bibig;**
**ingatan mo ang pintuan ng aking mga labi.**
**4 Huwag mong ikiling ang aking puso sa anomang masamang bagay,**
**na gumawa sa mga gawa ng kasamaan na kasama**
**ng mga taong nagsisigawa ng kasamaan:**

**at huwag mo akong pakanin ng kanilang mga masarap na pagkain.**

**141:2a** Ang mga talatang tulad nito sa mga Awit na pinahintulutan ang Judaismo na isalaysay ang kanilang pagsamba (i.e., walang templo at, samakatuwid, walang maaaring hain) ay katangga-tanggap kay YHWH. Ang panalangin at pagpuri ngayon ang mga hain.

**141:2b "ang pagtataas ng aking mga kamay"** Ito ay karaniwang posisyon sa mga pang-Hudyong panalangin.

1. nakatayo
2. nakatingala (i.e., tumitingin sa Diyos)
3. nakataas ang kamay (i.e., na tatanggap)
4. nakabukas ang mga mata (i.e., isang dayalogo sa Diyos)

▣ **"hain sa kinahapunan"** Bahagi ng sistema ng paghahain ay isang handog na tupa sa templo bawat umaga ng 9 N.U. (cf. Awit 5:3) at kinahapunan ng 3 N.H. (cf. Exodo 29:38-46; Bilang 28:1-8). Ito ay naging isang natatanging panahon ng panalangin (i.e., Mga Gawa 3:1; 10:30).

**141:3** Ang isa ay gustong malaman ang layon ng talatang ito.

1. tagpo sa hukuman
2. tsismis
3. pasalitang pag-atake ng mga taga-usig

Pansinin ang dalawang pagkakaagapay *Qal* MGA PAUTOS ("maglagay ng bantay," "ingatan ang pintuan").

**141:4a** Ang talatang ito ay isang pagkilala ng kapangyarihan ng Diyos. Ang mga makabago ay kailangang mag-ingat sa madaliang pagtingin dito sa mga terminong ng debate ng Calvinist at Arminian (tingnan ang Natatanging Paksa: Predestinasyon [Calvinismo] laban sa Malayang Pagpili ng Tao [Arminianismo]).

Ito ay nagpapakilala ng Hebreong pananaw sa mundo. Ang kanilang Diyos ay namamahala sa lahat ng mga bagay (cf. Ecclesiastes 7:14; Isaias 45:7; Panaghoy 3:38; Amos 3:6b). Ang mga payahag na tulad nito ay hindi dapat makuha bilang pagsasawalang-halaga ng malayang pagpili o ang pangangailangan para sa pagkilos ng tao ngunit isang pagkilala ng tunay na Diyos (i.e., lahat ng pananahilan ay ibinibilang sa Diyos, walang pangalawang nagdulot).

Ang PANDIWA na "ikiling" (BDB 639, KB 692, *Hiphil* PANGKAUTUSAN) ay ginamit sa isang kasunduan na kaunawaan sa 1 Mga Hari 8:58; Awit 119:36. Para sa isang mabuting pagkakaagapay, tingnan ito sa Kawikaan 1:8-19. Ang mga nais ng puso ay naghahayag ng tunay na tao.

▣ Mayroong tunay na kasamaan (BDB 948) at paghihimagsik sa mundo. Ang matapat na taga-sunod lumalayo sa mga ito at sa kanilang gumagawa nito.

▣ **"huwag mo akong pakanin ng kanilang mga masarap na pagkain"** Ito ay isa pang DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Ito ay di-tiyak kung ito ay tumutukoy sa

1. isang panglipunang pangyayari
2. makasalanan pamumuhay
3. kalalagayang pagsamba sa diyus-diyosan; maaaring kapwa Awit 139 at 140 ay nauugnay sa mga pagtalakay ng pagsamba sa Diyus-diyosan

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 141:5-7**

**5 Sugatan ako ng matuwid, magiging kagandahan pa ng loob;**
**at sawayin niya ako, magiging parang langis sa ulo;**
**huwag tanggihan ng aking ulo:**

**sapagkat sa kanilang kasamaan ay mamamalagi ang dalangin ko.**
**6Ang kanilang mga hukom ay nangahagis sa mga tabi ng malaking bato;**
**at kanilang maririnig ang aking mga salita; sapagkat matatamis.**
**7Gaya ng kung inaararo at nabubungkal ang lupa,**
**gayon ang aming mga buto ay nangangalat sa bibig ng Sheol.**

**141:5** Ang talatang ito ay nagpapakilala ng isang inuulit na paksa sa Kawikaan (cf. Kawikaan 9:8; 19:25; 25:12; tingnan din ang Ecclesiastes 7:5). Ang pagtuturo at pagtatama mula sa isang matuwid na tao ay mga mahalagang kaloob sa kanilang mayroong karunungan ng Diyos.

Ang Awit 141:5 ay may tatlong MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan.

1. sugatan – BDB 240, 249, *Qal* DI-GANAP
2. sawayin – BDB 406, KB 410, *Hiphil* DI-GANAP
3. tanggihan – BDB 626, KB 677, *Hiphil* PAUTOS

Ang mga ito ay mga kahilingan sa panalangin!

▣ **"parang langis sa ulo"** Ang NRSV, TEV, NJB, at REB ay sinusundan ang LXX, "ngunit huwag pahiran ng langis ng makasalanan ang aking ulo." Ang Awit 141:5-7 ay lubhang mahirap sa Hebreo. Mayroong maraming pagkakaiba sa mga salin. Pinakamainam na kunin ang pangkalahatang kaunawaan at magpatuloy sa susunod na istropa!

▣ **"kagandahang loob"** Ito ay ang mahalagang pang kasunduan na terminong *hesed*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

▣ Ang huling patulang linya ay tila wala sa lugar sa kaugnayan nito sa unang apat na linya. Ang NKJV ay nagsisimula sa susunod na istropa (Awit 141:5f-7) kasama nito.

Ang NRSV, TEV, at JPSOA ay tala-baba sa nagsasabing ang Awit 141:5,6,7 ay di-tiyak.

**141:6 "malaking bato"** Ito ay maaaring

1. isang sanggunian sa kanilang kamatayan (cf. 2 Cronica 25:12)
2. isang titulo para kay YHWH (i.e., "ang Malaking Bato," cf. Deuteronomio 32:18; Awit 18:2,31,46; 19:14; 28:1; 31:3; 42:9; 71:3; tingnan ang NAB at NJB na mga salin)

**141:7 "bibig ng Sheol"** Ang dakong pinaglalagakan ng mga patay ay ipinapakilala bilang isang hayop na nalamon (tingnan ang Natatanging Paksa: *Sheol*).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 141:8-10**
**8Sapagkat ang mga mata ko'y nangasa iyo, Oh Diyos na Panginoon:**
**sa iyo nanganganlong ako; huwag mong iwan ang aking kaluluwa sa walang magkandili.**
**9Iligtas mo ako sa silo na kanilang inilagay na ukol sa akin,**
**at sa mga silo ng mga manggagawa ng kasamaan.**
**10Mahulog ang masama sa kanilang sariling mga bating.**
**Habang ako ay nakatatanan.**

**141:8a** Ito ay ang pagpapatunay ng pananampalataya ng salmista sa pangkasunduan Diyos ng Israel. Para sa "YHWH" at "*Adon*" tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

**141:8b "manganganlong"** Ito ay isang karaniwang PANDIWA (BDB 340, KB 337, *Qal* GANAP) sa Salmo. Tingnan ang mga Tala sa Awit 2:12 sa internet (www.freebiblecommentary.org).

▣ Ang pangalawang PANDIWA (BDB 788, KB 881, *Piel* PANGKAUTUSAN) ay talagang

nangangahulugang "maging hubad" o "maging lantad" (i.e., isiwalat). Ang BDB at KB ay ipinapahayag dito, at dito lamang, ito ay nangangahulugang "ibuhos" (na may isang pangsakripisyong kahulugan, tingnan ang *Hiphil* na anyo sa Isaias 53:12).

▣ **"ako"** Ito ay ang Hebreong *nephesh* (BDB 659), na nagpapakilala ng buong tao. Tingnan ang tala sa Genesis 35:18 sa internet.

**141:9-10** Ito ay paglalarawan mula sa mga pamamaraan ng pangangaso sa Israel, tingnan ang mga tala sa Awit 140:4-5.

1. ang silo (BDB 809)
2. ang mga silo (BDB 430)
3. mga bating (BDB 485, matatagpuan lamang dito ngunit isa pang salita para sa "bitag" [BDB 440] ay matatagpuan sa Awit 140:5)

**141:10 "Mahulog ang masama sa kanilang sariling mga bating"** Aanihin ng tao kung ano ang kanilang itinanim! Ito ay isang biblikal na prinsipyong lubhang kadalasang inihahayag (cf. Job 34:11; Awit 28:4; 62:12; Kawikaan 24:12; Ecclesiastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:29; Mateo 16:27; 25:31-46; taga-Roma 2:6; 14:12; 1 taga-Corinto 3:8; 2 taga-Corinto 5:10; taga-Galacia 6:7; 2 Timoteo 4:14; 1 Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12).

▣ **"Habang ako ay nakatatanan"** Ang talatang ito ay nagpapahayag ng inaasahang kinalabasan ng "dalawang paraan" (cf. Deuteronomio 30:15,19; Awit 1).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit lubhang mahalaga ang Awit 141:2 sa Judaismo?
2. Ang Awit 141:3 at 4 ba ay nagtataguyod ng predestinasyon?
3. Ano ang pinatutungkulan ng Awit 141:4d?
4. Ang Awit 141:5-7 ba ay tungkol lahat sa masama?
5. Ang ang ibig-sabihin ng "malaking bato" sa Awit 141:6a?
6. Bigyang kahulugan ang "ang dalawang daan." Paano naging sanggunian ang Awit 141:10 sa teolohikong pagpapalakay na ito sa OT?

# AWIT 142

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin sa Kaguluhan<br>Panimula sa MT<br>Maskil ni David, nang siya ay nasa kweba. Panalangin. | Pakiusap sa Pagpapalaya mula sa mga Taga-usig | Panalangin sa Pagpapalaya mula sa Personal na Kaaway<br>(Isang Panaghoy) | Panalangin para sa Paghingi ng Tulong | Panalangin sa Pag-uusig |
| 142:1-4 | 142:1-2 | 142:1-3b | 142:1-4 | 142:1-3b |
| | 142:3-4 | | | |
| | | 142:3c-4 | | 142:3c-4 |
| 142:5-7 | 142:5-7 | 142:5-6b | 142:5-7 | 142:5-6b |
| | | 142:6c-7 | | 142:6c-7 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 142:1-4**
**1 Ako ay dumadaing ng aking tinig sa Panginoon;**
**ako ay namamanhik ng aking tinig sa Panginoon.**
**2 Aking ibinubugso ang daing ko sa harap niya;**
**aking ipinakilala sa harap niya ang kabagabagan ko.**
**3 Nang nanglupaypay ang diwa ko sa loob ko,**
**nalaman mo ang aking landas.**
**Sa daan na aking nilalakaran**
**ay pinagkukublihan nila ako ng silo.**
**4 Tumingin ka sa aking kanan, at tingnan mo:**
**sapagkat walang tao na nakakakilala sa akin:**
**kanlungan ay kulang ako;**
**walang taong lumilingap sa aking kaluluwa.**

**142:1-2** Ang Awit na ito ay nagsisimula sa apat na MGA DI-GANAP na nagpapakilala ng nagpapatuloy panalangin.

1. ako ay dumadaing – BDB 277, KB 277, *Qal* DI-GANAP
2. ako ay namamanhik – BDB 335, KB 334, *Hithpael* DI-GANAP
3. aking ibinubugso ang daing – BDB 1049, KB 1629, *Qal* DI-GANAP, cf. 1 Samuel 1:15; Awit 62:8; Panaghoy 2:19
4. aking ipinakilala ang kabagabagan ko – BDB 616, KB 665, *Hiphil* DI-GANAP

**142:3 "aking espiritu"** Ito ay ang Hebreong terminong *ruah* (BDB 924), na nagpapakilala ng "hangin," "hininga," o "espiritu." Ito ay ginamit sa pwersa ng buhay na pinagkaloob ng Diyos sa sangkatauhan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Espiritu sa Bibliya.

Ang salmista ay ligalig sa mga pag-atake ng kaniyang mga taga-usig (i.e., sila na nagtago ng isang silo para sa kaniya Awit 142:3d, cf. Awit 140:4-5; 141:9-10; sila rin ay tinawag na "mga taga-usig" sa Awit 142:6c).

Ang salmista ay nagpapahayag na nakikilala siya ni YHWH (i.e., kaniyang landas, kung saan siya ay naglalakad, Awit 142:3b,c at Awit ngunit hindi niya ito nararamdaman (i.e., Awit 142:4).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"nanglupaypay"** |
| **NRSV, NJB, REB** | **"nanghina"** |
| **LXX** | **"nahulog ako"** |
| **JPSOA** | **"bumagsak sa loob"** |

Ang *Hithpael* PAWATAS NA KAYARIAN (BDB 742 III) ay talagang nangangahulugang "maging mahina" o "mahimatay."

1. manghina – *Hiphil*, Genesis 30:42
2. mahilo – *Qal*, Awit 61:3; Isaias 57:16
3. mahimatay – *Hithpael*, Awit 77:4; 107:5; 143:4; Panaghoy 2:12; Jonas 2:7

Ito ay isang wikain ng kahinaan ng kalooban at kawalang pag-asa.

▣ Ang linyang b at c ay nagpapahayag ng katotohanan na Diyos ay lubusang nababatid ang buhay Kaniyang matapat na mga taga-sunod. Bakit isang hiwaga ang mga suliranin, pagkakasakit, pagtanggi, at mga dumarating na pag-atake (i.e., Job), ngunit ang Biblibya ay nagtuturo na si YHWH ay para sa atin, kasama natin, at hindi tayo iiwan. Kaya nating harapin ang mga pangyayaring na may pananampalataya sa Kaniya!

**142:4** Ang salmista ay nagulat na walang tulong ang dumarating sa kaniya (cf. Awit 142:4), kahit na kay YHWH. Tingnan ang MGA PAUTOS.

1. tumingin – BDB 613, KB 661, *Hiphil* PAUTOS
2. tingnan – BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS

Ang linyang d ay napakalungkot! Nararamdaman niyang siya ay nag-iisa, nag-iisa lamang! Nararamdaman niyang ang kaniyang kalagayan ay walang pag-asa (i.e., Job)!

Ang LXX, ay tila sumusunod sa pagkaunaw ng DSS, na ginawang payak na mga pahayag ang MGA PAUTOS, "Tiningnan ko. . .Aking nakita ang," na hindi tumutukoy kay YHWH, ngunit sa salmista. Ito ay sinusundan ng mga Aramaikong Targum at Vulgata. Sa aking palagay, ang MGA PAUTOS ay pinaka-amka sa konteksto (i.e., ang salmista ay nagpapahayag sa Diyos, Awit 142:1-3).

▣**"kaluluwa"** Ito ay Hebreong terminong *nephesh*; tingnan ang tala sa Genesis 35:18.

▣ **"walang taong lumilingap sa aking kaluluwa"** Ang PANDIWARI (BDB 205, KB 233, *Qal* PANDIWARI) sa literal ay "hanapin" at ang parirala ay maaaring isinalin na "walang naghahanap ng aking buhay," ngunit ito ay mas madaling di-maunawaan sa Ingles. Kaya nakuhang mahusay ng NASB ang kahulugan.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 142:5-7**
**5 Ako ay dumaing sa iyo, Oh Panginoon;**
**aking sinabi: Ikaw ay aking kanlungan,**
**aking bahagi sa lupain ng may buhay.**
**6 Pakinggan mo ang aking daing;**
**sapagkat ako ay totoong nababa:**
**iligtas mo ako sa nagsisiusig sa akin;**
**sapagkat sila ay malakas kay sa akin.**
**7 Ilabas mo ang aking kaluluwa sa bilangguan,**
**upang ako ay makapagpasalamat sa iyong pangalan:**
**kubkubin ako ng matuwid;**
**sapagkat ikaw ay gagawang may kagandahang-loob sa akin.**

**142:5** Ito ay ang pagpapatunay ng pananampalataya ng salmista.
1. ikaw ang aking kanlungan
2. aking bahagi sa lupain ng may buhay (i.e., tandaan, hindi kabilang buhay, cf. Job 28:13; Awit 27:13; 52:5; 116:9; Isaias 38:11; Jeremias 11:19)

▣ **"kanlungan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kalungan (OT).

▣ **"aking bahagi"** Tingnan ang tala sa Awit 16:5 sa internet.

**142:6-7** Mayroong kalipunan ng mga kahilingan sa panalangin (*Hiphil* MGA PAUTOS).
1. pakinggan – BDB 904, KB 1151, *Hiphil* PAUTOS
2. iligtas – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS
3. ilabas – BDB 422, KB 425, *Hiphil* PAUTOS

**142:7 "ilabas sa bilangguan"** Ito dapat ay
1. talinghaga para sa kaniyang pagkaligalig at kababaan (cf. Awit 142:3-4,6-7)
2. isang sanggunian sa isang kinuha ng pwersahan sa pagkakatapon
3. isang wikain para sa *Sheol*

Ang terminong "bilangguan" (BDB 689) ay maaaring mangahulugang
1. "panday-susi" o "panday" – 2 Mga Hari 24:14; Jeremias 24:1; 29:2
2. piitan (tanging tatlong beses sa OT)
   a. literal na eskatolohikong bilangguan sa ilalim ng lupa (cf. I Enoch 10.4,12)
   b. paglalarawan – Isaias 42:7

▣ **"upang ako ay makapagpasalamat sa iyong pangalan"** Ito ay isang kahilingan na madalaw ang templo sa Herusalem. Ito ay pinalakas ng susunod na linya, "kukublihin ako ng matuwid" (i.e., sa panglahat na pagsamba).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may

pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang salmista ay nagpapahayag ng kaalaman ni YHWH sa kaniya (cf. Awit 142:3b, c), ngunit nagtatanong sa kaniyang mga karanasan! Pamilyar ba? Ang kaalaman ba ng presensiya at pagkalinga ng Diyos ay nagtatanggal ng mga suliranin, pagkakasakit, at masamang tao mula sa ating mga buhay?
2. Ang Awit 142:4 ay tungkol ba sa pagtalikod ng mga kaibigan at pamilya o ng Diyos?
3. Ang ang pinatutungkulan ng “bilangguan” ng Awit 142:7?
4. Ang Awit 142:7 ba ay tumutukoy sa pagsamba sa templo?

# AWIT 143

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin sa Pagpapalaya at Paggabay<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David. | Maalab na Pagsamo para sa Paggabay at Pagpapalaya | Panalangin sa Pagpapalaya sa mga Personal na Kaaway<br>(Isang Panaghoy) | Panalangin sa Paghingi ng Tulong | Mapagpakumbabang Pakiusap |
| 143:1-4 | 143:1-2 | 143:1-2 | 143:1-2 | 143:1-2 |
| | 143:3-4 | 143:3-4 | 143:3-4 | 143:3-4 |
| 143:5-6 | 143:5-6 | 143:5-6 | 143:5-6 | 143:5-6 |
| 143:7-9 | 143:7-8 | 143:7-8 | 143:7-8 | 143:7 |
| | | | | 143:8 |
| | 143:9-10 | 143:9-10 | 143:9-10 | 143:9-10 |
| 143:10-12 | | | | |
| | 143:11-12 | 143:11-12 | 143:11-12 | 143:11-12 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)
### *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Mayroong maraming MGA PAUTOS at MGA PANGKAUTUSAN NG KAHILINGAN.
   1. dinggin, Awit 143:1a
   2. pakinggan, Awit 143:1b
   3. huwag mapatapon sa kahatulan, Awit 143:2a
   4. magmadaling saguitin ako, Awit 143:7a
   5. huwag ikubli ang iyong mukha, Awit 143:7b
   6. iparinig sa akin, Awit 143:8a
   7. ipabatid sa akin, Awit 143:8c
   8. iligtas ako, Awit 143:9a

9. turuan ako, Awit 143:10a
10. patnubayan ako ng iyong Espiritu, Awit 143:10c

B. Mayroong tatlong tao na inilalarawan sa Awit na ito.
   1. YHWH
      a. matapat, Awit 143:1c
      b. matuwid, Awit 143:1c,11b
      c. kagandahang-loob, Awit 143:8a,12a
      d. sa Awit 143:10c at 11a ay magkakaagapay na mga parirala (i.e., “Iyong mabuting Espiritu” at “Iyong Pangalan”) ay nagpapakilala din kay YHWH
   2. ang salmista
      a. ang kaniyang espiritu ay nanglulupaypay, Awit 143:4a
      b. ang kaniyang espiritu ay nabagbag, Awit 143:4b
      c. kaniyang naaalala ang mga nakalipas na pagkilos, Awit 143:5
      d. siya ay nananabik sa Diyos, Awit 143:6
      e. ang kaniyang espiritu ay nanglulupaypay, Awit 143:7a
      f. siya ay nagtitiwala sa Diyos, Awit 143:8b
      g. itinaas niya ang kaniyang kaluluwa sa Diyos, Awit 143:8d
      h. siya ay kumukubli sa Diyos, Awit 143:9b
      i. si YHWH ay kaniyang Diyos, Awit 143:10b
   3. ang kaaway
      a. inuusig ang salmista, Awit 143:3a
      b. sinaktan ang kaniyang buhay, Awit 143:3b
      c. pinapatahan siya sa mga madilim na dako, Awit 143:3c
      d. dinadalamhati ang salmista, Awit 143:12b

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 143:1-4**

**1 Dinggin mo ang dalangin ko Oh Panginoon;**
**pakinggan mo ang aking mga pamanhik:**
**sa iyong pagtatapat ay sagutin mo ako, at sa iyong katuwiran.**
**2 At huwag kang masok sa kahatulan na kasama ng iyong lingkod;**
**sapagkat sa iyong paningin ay walang taong may buhay na aariing ganap.**
**3 Sapagkat pinagusig ng kaaway ang kaluluwa ko;**
**kaniyang sinaktan ang aking buhay ng lugmok sa lupa:**
**kaniyang pinatahan ako sa mga madilim na dako, gaya ng mga namatay nang malaon.**
**4 Kayat ang aking diwa ay nanglulupaypay sa loob ko;**
**ang puso ko sa loob ko ay bagbag.**

**143:1 “katapatan”** Ang PANGNGALAN (BDB 53) ay nagmula sa PANDIWA (BDB 52) na nagpapakilala ng “paniniwala,” “pananampalataya,” “magtiwala,” at “katapatan.” Tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT.

Isang naiibang salita (BDB 105, KB 120) sa Awit 143:8b ay nangangahulugan ding “magtiwala.”

▣ **“katuwiran”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran.

Pansinin kung paano pinakilala si YHWH, tingnan ang mga Kontekstuwal na Kaunawaan, B. 1.

**143:2** Kung binibilang ni YHWH ang kasalanan(mga), sino ang makakaharap? Ang lahat ng mga tao ay apektado ng Pagkahulog sa Genesis 3 (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pagkahulog at ang mga tala

sa Awit 130:3-4).

Ang ilang mga rabbi ay nagpapahayag na ang kasalanan ay nagsisimula sa Genesis 3 ngunit ang karamihan ay sa Genesis 6. Ang mga rabbi isanasaysay na ang mga pagpili ng mga tao ang pinagmulan ng kasamaan (i.e., ang dalawang *yetzer*). Pinapagtibay ni Pablo ang Genesis 3 bilang pinagmulan (cf. taga-Roma 1:18- 3:20; 3:23; 11:32; taga-Galacia 3:22). Ang bunga ay katulad, gaya ng paghihimagsik ng sangkatauhan at pangangailangan na mapatawad (cf. 1 Mga Hari 8:46; Job 4:17; 9:2; 25:4; Awit 130:3-4; Kawikaan 20:9; Ecclesiastes 7:20; Isaias 53:6; taga-Roma 5:12-21)!

**143:2b** Ang UBS *Handbook* (p. 1151) ay binabanggit na ang linyang ito ng panulaan, na isinalin sa LXX, ay maaaring binanggit ni Pablo sa taga-Roma 3:20 at taga-Galacia 2:16.

**143:3-4** Ang mga ito mga talata naglalarawan sa patulang wika ang mga damdamin ng pinagmamalupitang salmista. Ang paglalarawan ay nauugnay sa Hebreong konsepto ng *Sheol* (cf. Job 10:21; Awit 88:5-6; Panaghoy 3:6).

Ngunit pansinin ang mahigpit na pagbabago mula sa Awit 143:5, nang ang salmista ay nagpapakilala sa mga kagilagilalas, mapagbiyayang mga pagkilos ni YHWH sa nakalipas (i.e., paglalang, panawagan sa mga Patriyarka, pagiging isang bansa ng Israel at pagsakop sa lupang pangako, atbp.).

**143:3 "kaaway"** Pansining ito (*Qal* PANDIWARI) ay inuugnay sa PANG-ISAHAN MGA PANDIWA. Mayroong dalawang mabuting opsyon.

1. isang panlahat na termino (PANGMARAMIHAN sa Awit 143:9,12)
2. isang pangunahing kaaway
3. isang sanggunian sa "kamatayan," "ang hukay," "*Sheol*"

**143:4 "espiritu. . .puso"** Kapwa ang mga ito ay tumutukoy sa tao. Ang unang parirala ay isang pag-uulit ng Awit 142:39, tingnan ang tala dito.

Ang katulad na kaisipan ay inulit sa Awit 143:7a.

Para sa "espiritu" tingnan ang Natatanging Paksa: Espiritu sa Bibliya.

Para sa "puso" tingnan ang Natatanging Paksa: Puso.

▣ **"nanglulupaypay"** Ito sa literal ay "manlupaypay" (BDB 742, KB 814, *Hithpael* DI-GANAP na may *waw*, cf. Awit 142:3a). Ang PANDIWA ay ginamit kasama ng

1. espiritu (*ruah*) – Awit 77:3; 142:3; 143:4
2. puso (*leb*) – Awit 61:2; 143:4
3. kaluluwa (*nephesh*) – Awit 107:5

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 143:5-6**

5 **Aking naaalaala ang mga araw ng una;**
**aking ginugunita ang lahat mong mga gawa:**
**aking binubulay ang gawa ng iyong mga kamay.**
6 **Iginawad ko ang aking mga kamay sa iyo:**
**ang aking kaluluwa ay nananabik sa iyo, na parang uhaw na lupain. (Selah)**

**143:5-6** Inilalarawan nito ang mga pagkilos ng salmista.

1. naaalala niya ang mapagbiyayang pagkilos ng pagpapalaya ni YHWH sa nakalipas, Awit 143:5a
2. siya ay nagpapatuloy sa pagbubulay sa mga pagkilos ng Diyos, Awit 143:5b, cf. 105:2
3. siya ay nagbubulay/nagmumuni-muni (cf. Awit 77:12; 145:5) sa paglalang ng Diyos, Awit 143:5c, cf. Awit 8:6; 102:25

4. siya ay nananalangin sa Diyos, Awit 143:6a
5. ang kaniyang kaluluwa ay nananabik para sa Diyos, Awit 143:6b, cf. Awit 42:2; 63:1

Ang mga ito ang pagtuon sa mga isipan ng matapat na mga taga-sunod. Tayo ay kung ano ang ating iniisip. Ang ating mga panalangin at mga pagkilos ay naghahayag ng tootong kalikasan ng bawat tao.

**143:5 "mga araw ng una"** Ang PANGNGALAN (BDB 869) ay maaaring mangahulugang "sinauna" o "bago pa sa panahon" (cf. Deuteronomio 33:27; Kawikaan 8:22- 23; Mikas 5:2). Kadalasang ang ugat ay nagpapakilala ng "silangan" o "bago" (NIDOTTE, tomo 3, pp. 869-871).

**143:6 "Iginawad ko ang aking mga kamay sa iyo"** Tingnan ang tala sa Awit 141:2b.

▣ **"kaluluwa"** Ito ay ang Hebreong terminong *nephesh.* Tingnan ang tala sa Genesis 35:18 sa internet.

▣ **"aking kaluluwa ay nananabik sa iyo, na parang uhaw na lupain"** Ang salmista ay nananabik/nauuhaw para sa personal na pagsasama kay YHWH (i.e., Awit 143:7b; Awit 42:2; 63:1; 84:2). Ito ang layunin ng Genesis 1:26-27. Ito ay "ang" layunin ng paglalang!

Pansinin na ang pag-alaala sa mga gawa at pagsamba kay YHWH ay nagkakaloob pag-asa sa mga kasalukuyang pangyayari!

▣ **"Selah"** Tingnan ang tala sa Awit 3:2 sa internet.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 143:7-9**

**7 Magmadali kang sagutin mo ako, Oh Panginoon; ang diwa ko'y nanglulupaypay:**
**huwag mong ikubli ang iyong mukha sa akin;**
**baka ako ay maging gaya nila na nagsibaba sa hukay.**
**8 Iparinig mo sa akin ang iyong kagandahang-loob sa kinaumagahan;**
**sapagkat sa iyo ako tumitiwala:**
**ipabatid mo sa akin ang daan na aking dapat lakaran;**
**sapagkat itinaas ko ang aking kaluluwa sa iyo.**
**9 Iligtas mo ako, Oh Panginoon, sa aking mga kaaway:**
**tumatakas ako sa iyo upang ikubli mo ako.**

**143:7 "ang diwa ko'y naglulupaypay"** Ang PANDIWA (BDB 477, KB 476, *Qal* GANAP) ay nangangahulugang "maging lubos" o "matapos." Ito ay ginamit ng isang tao sa

1. Job 33:21, nanglulupaypay ang laman
2. Awit 71:9, nanglulupaypay ang lakas
3. Awit 73:26, naglulupaypay ang laman at puso
4. Kawikaan 5:11, nanglulupaypay ang laman at katawan

Nararamdaman ng salmista na siya ay malapit nang mamatay at pumunta sa *Sheol* (i.e., ang hukay, Awit 143:7c).

▣ **"ikubli ang iyong mukha sa akin"** Ito ay pangwikain, antropomorpikong wika ng (1) pananahimik ng Diyo at hindi pagtugon sa mga panalangin ng salmista o (2) pagtanggi ng Diyos sa salmista; tanging konteksto o pagkakaagapay ang makakapagpasya (cf. Awit 10:11; 13:1; 27:9; 30:7; 51:9; 69:17; 88:14; 102:2). Ito ay nagpapahayag ng isang na kaunawaan ng kawalang-magagawa na walang pag-asa (cf. Awit 142:4).

**143:8c "ipabatid mo sa akin ang daan na aking dapat lakaran"** Ang PANDIWA (BDB 393, KB 390, *Hiphil* PAUTOS) ay talagang nangangahulugang "makilala." Ang NASB ay isinasalin ito bilang

1. makilala – 1 Cronica 17:19; Job 26:3; Awit 89:1; 98:2; 106:8; 145:12; Isaias 64:1; Habakkuk

3:2

2. ipabatid – Exodo 18:20; Jeremias 31:19; at dito

Ang "lakad" ay kadalasang ginagamit bilang isang talinghaga para sa pang-araw-araw na pamumuhay (i.e., Awit 1:1; Kawikaan 1:15; 4:14; Isaias 48:17; Jeremias 42:3; sa ang NT rin, i.e., taga-Roma 14:15; taga-Efeso 4:1,17; 5:2,15).

**143:8d "sapagkat itinaas ko ang aking kaluluwa sa iyo"** Ito ay paglalarawan, na ginamit lamang nang tatlong beses kay YHWH bilang layon (cf. Awit 25:1; 86:4) nauugnay sa

1. pananalangin (i.e., pagtaas ng aking mga kamay/mga palad)
2. pag-aalay (i.e., niluglog na handog o ang paglalarawan ng mga sungay ng pangsakripisyong dambana)

**143:9**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sa iyo upang ikubli mo ako"** |
| **NKJV** | **"sa iyo ako ay mangungubli"** |
| **NJB** | **"dahil sa inyo ako ay may proteksyon"** |
| **JPSOA** | **"sa iyo, ako ay may sangkagalang"** |
| **REB** | **"sa iyo, ako ay maghahanap ng kublihan"** |
| **LXX, Vulgata** | **"sa iyo ako ay tatakas"** |

Ang PANDIWARI (BDB 491, KB 487, *Piel* PANDIWARI) ay talaganag nangangahulugang "takpan" o "itago." Ito ay isang napakakaraniwang ugat sa OT.

Ang AB (p. 325) ay isinasalin ang linyang ito ng panulaan bilang "aking Diyos (*El*), tunay na ako ay lumulubog." Si Dahood ay inuugnay ito sa isang sanggunian sa *Sheol* sa paggamit ng Job 22:11.

Ang UBS *Handbook* (p. 1153) ay binabanggit ang dalawang Hebreong MSS na isalin sa MT na magkaiba.

1. "ako ay mangungubli sa Iyo"
2. "ako ay tatakas sa Iyo"

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 143:10-12**

**10 Turuan mo akong gumawa ng iyong kalooban;**
**sapagkat ikaw ay aking Diyos:**
**ang iyong Espiritu ay mabuti; patnubayan mo ako sa lupain ng katuwiran.**
**11 Buhayin mo ako, Oh Panginoon, dahil sa iyong pangalan:**
**sa iyong katuwiran ay ilabas mo ang aking kaluluwa sa kabagabagan,**
**12 At sa iyong kagandahang-loob ay ihiwalay mo ang aking mga kaaway,**
**at lipulin mo ang lahat na nagsisidalamhati sa aking kaluluwa;**
**sapagkat ako ay iyong lingkod.**

**143:10 "Turuan mo akong gumawa ng iyong kalooban"** Ito ay isang iba't-ibang salita (BDB 540, KB 531, cf. Deuteronomio 4:1; 6:1; 20:18; Jeremias 12:16) mula sa "turuan" ng Awit 143:8c. Nais ni YHWH na ituro sa atin ang Kaniyang kalooban upang ang Kaniyang matapat na mga taga-sunod ay gawing huwaran ito para sa nalugmok na mundo!

Tingnan din na ang makapangyarihang Diyos ay kailangang maghayag ng Kaniyang kalooban ngunit ang mga tao ay dapat na kumilos (at magpatuloy na kumilos) sa kapahayagang ito. Ang kasunduan ay kinapapalooban ng kapwa Diyos at mga tao!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Iyong Espiritu ay mabuti"** |
| **NKJV** | **"Iyong Espiritu *ay* mabuting"** |
| **NRSV, LXX** | **"Iyong mabuting espiritu"** |

**NJB "iyong mabait espiritu"**
**JPSOA, REB "Iyong mapagbiyayang espiritu"**
**Peshitta "Iyong banayad na espiritu"**

Yamang maliwanag mula sa mga saling Ingles, mayroong dalawang teolohikong isyu.

1. paaano ipagpapalagay ang "espiritu"
   a. paglalarawan sa kinatawan ng Diyos (i.e., Genesis 1:2; Bilang 11:17,25,29; Awit 139:7; Haggai 2:5)
   b. bilang isang patatangi mismo sa Diyos (cf. Awit 51:11; Isaias 63:10-11)
2. ang kahulugan ng "mabuti" (BDB 373 III), ay isang karaniwan PANDIWA na may malawak na semantikong pagkakagamit; ang pangkalahatang kaunawaan ay
   a. "nakakalugod," "mabuti" (PANDIWA)
   b. "malugod," "sumasang-ayon," "mabuti" (PANG-URI)
   c. "mabuting bagay," "kabutihan" (PANLALAKING PANGNGALAN)
   d. "kapakanan," "pakinabang," "mabuting bagay" (PAMBABAENG PANGNGALAN)

Para sa #1 pakitingnan ang Natatanging Paksa: Ang Persona ng Espiritu at Natatanging Paksa: Ang Trinidad.

▣ **"lupain ng katuwiran"** Ang OT ay gumagamit ng paglalarawan ng isang landas/daanan/daan upang ilarawan ang isang buhay (cf. Awit 5:8; 26:12; 27:11).

1. ang mabuti/maka-Diyos na buhay ay
   a. makinis
   b. pantay
   c. walang hadlang
   d. matuwid
2. ang masamang buhay ay
   a. baluktot
   b. di-pantay
   c. may hadlang
   d. madulas

**143:11-12** Ang salmista ay binatay ang kaniyang kahilingan, hindi sa kaniyang sariling kagalingan (cf. Awit 143:2), ngunit sa

1. mabuting pangalan ng Diyos, Awit 143:11a
2. katuwiran ng, Awit 143:11b
3. kagandahang-loob ng Diyos, Awit 143:12a

**143:11 "dahil sa iyong pangalan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

▣
**NASB, NKJV,**
**TEV, REB "buhayin ako"**
**NRSV, JPSOA "ingatan ang aking buhay"**
**NJB "bigyan ako ng buhay"**
**LXX "buhayin ako"**

Ang PANDIWA (BDB 310, KB 309, *Piel* DI-GANAP) ay ang karaniwan terminong "buhay" (PANGNGALAN), "mabuhay" (PANDIWA), "nabuhay," o "nabubuhay" (PANG-URI). Ang *Piel* na tangkay ay kadalasang ginagamit sa Salmo (cf. Awit 80:18; 85:6; 119:25,37, 40,50,88,93,107,149,154,156, 159). Ito ay kadalasang pagkakaagapay sa BDB 996, KB 1427, cf. Awit 80:3,17,19. Ito ay maaaring tumukoy sa

1. pisikal na buhay

2. spiritual na buhay

**143:12 "Iyong lingkod"** Ito ay maaaring mangahulugang
1. isang matapat na taga-sunod
2. isang parangal na titulo para sa mga pinuno
    a. Moises
    b. Josue
    c. David (i.e., Mga Hari ng Judah)
    d. Mesias/Israel (i.e., Mga Awit ng Lingkod sa Isaias 41-53)

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Yamang ang lahat ng mga tao ay makasalanan, sa anong batayan ang salmista ay humihiling sa Diyos na pakinggan at tulungan siya?
2. Sino ang "kaaway"?
3. Bigyang kahulugan ang "mga madilim na dako" sa Awit 143:3.
4. Ano ang implikasyon ng "pagtatago ng Kaniyang mukha" ni YHWH?
5. Ang Awit 143:10 ay tumutukoy ba sa Banal Espiritu?
6. Bigyang kahulugan ang "lingkod."

# AWIT 144

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panalangin sa Pagliligtas at Kasaganahan<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ni David. | Isang Awit sa Panginoon na Mangangalaga at Magpapa-sagana sa Kaniyang Bayan | Hari na Dumadalangin ng Pagpapalaya | Isang Hari na Nagpapasala-mat sa Diyos sa Tagumpay | Imno para sa Digmaan at Tagumpay |
| 144:1-4 | 144:1-2 | 144:1-2 | 144:1-2 | 144:1-2 |
| | 144:3-4 | 144:3-4 | 144:3-4 | 144:3-4 |
| 144:5-8 | 144:5-8 | 144:5-8 | 144:5-8 | 144:5-6 |
| | | | | 144:7-8 |
| 144:9-11 | 144:9-10 | 144:9-11 | 144:9-11 | 144:9-10b |
| | | | | 144:10c-11 |
| | 144:11-15 | | | |
| 144:12-15 | | 144:12-14 | 144:12-14 | 144:12 |
| | | | | 144:13 |
| | | | | 144:14 |
| | | 144:15 | 144:15 | 144:15 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 144:1-4**
**1 Purihin ang Panginoon na aking malaking bato,**
**na tinuturuan ang mga kamay ko na makipagdigma,**
**at ang mga daliri ko na magsilaban:**
**2 Aking kagandahang-loob, at aking katibayan,**

aking matayog na moog, at aking tagapagligtas;
aking kalasag, at siya na doon ako nanganganlong;
na siyang nagpapasuko ng aking bayan sa akin.
[3]Panginoon, ano ang tao, upang iyong kilalanin siya?
O ang anak ng tao, upang iyong pahalagahan siya?
[4]Ang tao ay parang walang kabuluhan:
ang kaniyang mga kaarawan ay parang lilim na napaparam.

**144:1-4** Ang istropang ito ay gumagamit ng napakaraming panghukbong pagkabanggit. Ito ay maliwanag na isang maharlikang Awit. Si YHWH ay kumikilos sa kapakanan ng Kaniyang bayan upang tiyakin ang kanilang pagkaligtas dahil Siya ay may isang pangkalahatang pangkatubusang plano na kinakasangkutan ng pambansang Israel (ang mga supling ni Abraham). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

Ang Awit 144:3-4 ay nakakagulat na ang pagtuon ay kumikilos mula sa Israel patungo sa lahat ng mga tao.

1. sila ay ang layon ng natatanging pagkalinga ni YHWH (cf. Awit 8:4) dahil sila ay nilikha sa Kaniyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27)
2. gayunman, dahil sa Genesis 3 sila ay mahina at may hangganan (cf. Awit 90:5; 103:15; 104:14; Isaias 40:6-8; 1 Pedro 1:24)

**144:1 "Purihin"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapala (OT).

▣ **"aking malaking bato"** Ito (BDB 849) ay isang inuulit na titulo para sa Diyos ng Israel. Tingnan ang mga tala internet sa Deuteronomio 32:4 at Awit 18:1-3. Ang lahat ng bagay ay nagbabago ngunit ang Diyos ay hindi. Siya ang angkla na hindi mahuhulog, ang muog na hindi babagsak. Pansinin ang makapangyarihan, madamdaming paghahabi ng naglalarawang MGA PANGNGALAN sa Awit 18:2!

▣ **"trains aking mga kamay para sa war"** Mayroong maliwanag na isang pampanitikang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Awit 18 at Awit 144. Tingnan ang mga pagkakaagapay.

1. Awit 144:1 – Awit 18:2,34,46
2. Awit 144:2 – Awit 18:2,47
3. Awit 144:3 – Awit 18:4
4. Awit 144:5 – Awit 18:9
5. Awit 144:6 – Awit 18:14
6. Awit 144:7 – Awit 18:16-17,44
7. Awit 144:10 – Awit 18:50
8. Awit 144:11 – Awit 18:44

**144:2 Aking kagandahang-loob"** Si YHWH ay matapat na Kaniyang mga pangkasunduang pangako. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob (*hesed*).

Pansinin ang bilang ng PANSARILING MGA PANGHALIP sa NASB ng Awit 144:1-2 (anim). Nakikilala ang pinagkakatiwalaan ng salmista si YHWH.

▣
**NASB, NKJV,**
**LXX** **"na siyang nagpapasuko ng aking bayan sa akin"**
**NRSV, TEV,**
**Targums, Peshitta,**
**Vulgata** **"na nagpapasuko ng mga tao sa ilalanim ko"**
**NJB** **"ginawa niya mapailalim ang mga tao sa akin"**

Ang pagkakaiba lamang ay isang panghuling *mem*. Ang UBS Text Project (p. 436) ay nagkakaloob sa "aking bayan" na isang "B" na antas (ilang pagduruda). Ang linyang ito ng panulaan ay alinman sa

1. nagpapahayag ng kapangyarihang ng hari kasunduang bayan (i.e., siya ay pangalawanag pastol ni YHWH)
2. nagpapahayag ng tagumpay ng Israel sa pamamagitan ng kapangyarihan ni YHWH laban sa mga paganong bansa

Ang UBS Text Project (p. 437) ay nagkakaloob "sa akin" isang "A" na antas (napakataas na probabilidad). Kung ito ang tamang teksto, ngayon, ang opsyon #1 sa ibabaw ay ang tamang parirala.

**144:3** Pansinin ang magkasingkahulugang pagkakaagapay.

1. "tao" – *Adam* (BDB 9)
2. "anak ng tao" – "*ben enosh*" (BDB 60)

Sa pagkakaagapay ng Awit 8 ang Hebreong mga salita para sa "tao" ay binaligtad, ngunit ang nilalayon ay katulad. Ang mga terminong ito ay nagsasabi ng isang tao nilalang. Tingnan ang Natatanging Paksa: Anak ng Tao (mula sa Daniel 7:13).

▣ **"kilalanin"** Ito ay ang Hebreong PANDIWA "makilala" (BDB 393, KB 390, *Qal* DI-GANAP na may *waw*). Tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala.

**144:4** Ang talatang ito ay pipapatingkad ang kahangganan ng sangkatauhan (cf. Job 8:9; 14:2; Awit 39:5-6; 102:11; 109:23; Ecclesiastes 6:12; 8:12) at bagaman hindi tiyakang inihahayag, ang pagkawalang-hanggan ni YHWH ay pinatingkad.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 144:5-8**

**5 Ikiling mo ang iyong mga langit, Oh Panginoon, at bumaba ka:**
**hipuin mo ang mga bundok, at magsisiusok.**
**6 Maghagis ka ng kidlat, at pangalatin mo sila;**
**suguin mo ang iyong mga pana, at lituhin mo sila,**
**7 Iunat mo ang iyong kamay mula sa itaas; s**
**agipin mo ako, at iligtas mo ako sa malaking tubig,**
**sa kamay ng mga taga ibang lupa;**
**8 Na ang bibig ay nagsasalita ng karayaan,**
**at ang kanilang kanang kamay ay kanang kamay ng kabulaanan.**

**144:5-8** Ang istropang ito ay isang kalipunan ng mga kahilingan sa panalangin. Ito ay nakakamangha sa liwanag ng Awit 144:1-4. Ang salmista ay nagpapahayag ng kapangyarihan at presensya ni YHWH sa unang istropa ngunit nakikiusap para sa Kaniyang pagpapalaya sa isang ito.

Pansinin na ang MGA PAUTOS at MGA DI-GANAP ay ginamit sa isang PAUTOS na kaunawaan.

1. ikiling, Awit 144:5 (sa literal, "iyuko") – BDB 639, KB 692, *Hiphil* PAUTOS
2. bumaba, Awit 144:5 – BDB 432, KB 434, *Qal* DI-GANAP ngunit ginamit bilang PAUTOS kahilingan sa panalangin
3. hipuin, Awit 144:5 – BDB 619, KB 668, *Qal* PAUTOS, cf. Awit 104:32
4. maghagis, Awit 144:6 – BDB 140, KB 162, *Qal* PAUTOS
5. ikalat (i.e., mga palaso ng mga dayuhang mananakop), Awit 144:6 – BDB 806, KB 918, *Hiphil* DI-GANAP na ginamit bilang PAUTOS na kahilingan sa panalangin
6. suguin, Awit 144:6 – BDB 1018, KB 1511, *Qal* PAUTOS
7. lituhin, Awit 144:6 – BDB 243, KB 251, *Qal* DI-GANAP na ginamit bilang PAUTOS kahilingan sa panalangin
8. iunat, Awit 144:7 – katulad sa #6
9. sagipin (sa literal, "buksan," cf. Awit 144:11), Awit 144:7 – BDB 822, KB 953, *Qal* PAUTOS

10. iligtas ako, Awit 144:7 – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS

**144:5-7** Ang mga talatang ito ay ginagamit sa "Banal na Digmaan" na paglalarawan upang hilingin ang presensiya at kapangyarihan ni YHWH sa digman. Siya, alinman dito, ay

1. sasanayin at palalakasin ang mga sundalo ng Israel (Awit 144:1)
2. lalaban para sa kapakanan ng Israel gaya ng pananakop ng Canaan sa ilalim ni Josue (Awit 144:6)

**144:6**
**NASB "lituhin sila"**
**NKJV "wasakin sila"**
**NRSV, NJB "itaboy sila"**
**TEV "isugo silang tumatakboy"**
**LXX "itapon sila sa kaguluhan"**

Mayroong dalawang maaaring Hebreong ugat.

1. המם, BDB 243, KB 251, "patakbuhin," cf. 2 Samuel 22:15; Awit 18:14
2. הום, KB 242, guluhin," ito ay may "Banal na Digmaan" na pakahulugan, cf. Joshue 10:10; Mga Hukom 4:15; 1 Samuel 7:10; 2 Cronica 15:6

**144:7** Pansinin na ang "mga dakilang tubig" ay pagkakaagapay sa "mga kamay ng dayuhan." Ang paglalarawan ay mula sa

1. kaguluhan sa paglalang, cf. Job 41:1-11; Awit 74:12-17; Isaias 51:9-10; tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Tubig
2. pagsalakay, cf. Awit 18:16-17; Isaias 17:12-14; 28:2; Jeremias 51:34
3. kamatayan, cf. Awit 18:4-6

**144:8** Ang mga dayuhan (BDB 648) ay naipapakilala bilang silang nagsisinungaling. Ang mga salita ng isa ay naghahayag ng kaniyang puso. Ito ay tila tumutukoy sa mga pandaigdigang kasunduan o maaaring panghukumang patotoo sa ilalim ng panunumpa (cf. Genesis 14:22; Deuteronomio 32:40; Awit 106:26; Isaias 44:20). Si YHWH ay totoo sa Kaniyang salita (cf. Awit 144:2a), ngunit ang mga pagano at ilang mga Israelita ay hindi! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pantaong Pananalita.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 144:9-11**
**9 Ako ay aawit ng bagong awit sa iyo, Oh Diyos:**
**sa salterio na may sangpung kawad ay aawit ako ng mga pagpuri sa iyo.**
**10 Siya ang nagbibigay ng kaligtasan sa mga hari:**
**na siyang nagligtas kay David na kaniyang lingkod sa manunugat na tabak.**
**11 Sagipin mo ako, at iligtas mo ako sa kamay ng mga taga ibang lupa.**
**Na ang bibig ay nagsasalita ng karayaan,**
**at ang kanilang kanang kamay ay kanang kamay ng kabulaanan.**

**144:9-11** Ang istropang ito ay may tatlong pagbibigay-diin.

1. kung ano ang ipinangakong gawin ng salmista
   a. Ako ay aawit isang bagong awit sa Diyos, Awit 144:9a – BDB 1010, KB 1479, *Qal* PANG-PANGKAT
   b. Ako ay aawit ng mga papuri sa Diyos, Awit 144:9b – BDB 274, KB 273, *Piel* PANG-PANGKAT
2. ang mga nakalipas na gawa ni YHWH ng pagpapalaya
   a. Siya ang nagpalaya sa mga Hari ng Israel, Awit 144:10a
   b. Siya ang nagpalaya kay David, Awit 144:10b (maaaring mga hari sa linyang ni David)
3. ang panalangin ng salmista ay batay sa mga nakalipas na mga pagkilos ni YHWH

a. sagipin, Awit 144:11a – BDB 822, KB 963, *Qal* PAUTOS
b. iligtas, Awit 144:11a – BDB 664, KB 717, *Hiphil* PAUTOS

Pansinin ang pagkakaagapay sa pagitan ng Awit 144:7-8 at 144:11.

**144:10 "sa nanunugat na tabak"** Ito ay isang di-karaniwan pagtatangi. Maraming mga salin ay inilalagay ang parirala sa susunod na linya ng panulaan (i.e., NRSV, TEV, NJB). Ang ibang mga salin ay may

1. REB – "ang marahas na tabak"
2. JPSOA – "ang nakakamatay na tabak"
3. KJV, Peshitta – "ang nanunugat na tabak"
4. AB – "ang tabak ng Isang Masama"
5. NAB – "ang mapanganib na tabak"

Sa konteksto ito ay tila nauugnay sa "mga dayuhan" (Awit 144:7c, 11a). Ang Aramaikong Targum (salin na may mga puna) ay pinapaliwanag ito bilang "mula sa masamang tabak ni Goliath" (UBS *Handbook*, p. 1159).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 144:12-15**

**12 Pagka ang aming mga anak na lalake**
**ay magiging parang mga pananim na lumaki sa kanilang kabataan;**
**at ang aming mga anak na babae ay parang mga panulok na bato**
**na inanyuan ayon sa anyo ng isang palasio.**
**13 Pagka ang mga kamalig namin ay puno, na may sarisaring bagay;**
**at ang mga tupa namin ay nanganganak ng mga libo**
**at mga sangpung libo sa aming mga parang;**
**14 Pagka ang mga baka namin ay napapasanang mabuti;**
**pagka walang salot, at sakuna,**
**at walang panaghoy sa aming mga lansangan;**
**15 Maginhawa ang bayan, na nasa gayong kalagayan:**
**maginhawa ang bayan na ang Diyos ay ang Panginoon.**

**144:12-14** Ang istropang ito ay ipinakilala ng pitong MGA PANDIWARI (1) na ginamit bilang MGA PANGKAUTUSAN (2) mga pahayag ng katotohanan.

1. ang mga batang anak na lalaki na parang pananamin na lumaki, Awit 144:12a – BDB 152, KB 178, *Pual*
2. ang mga batang anak na babae na inanyuang (sa literal, "natagpas") panulok na bato, Awit 144:12b – BDB 310, KB 306, *Pual*
3. gumagawa ng mga kamalig, Awit 144:13a – BDB 807, KB 920, *Hiphil*
4. mga tupa namin ay nanganganak ng mga libo, Awit 144:13b – BDB 48 II, KB 59, *Hiphil* (matatagpuan lamang dito)
5. mga tupa namin ay nanganganak ng mga sangpung libo, Awit 144:13b – BDB 912, KB 1174, *Pual*
6. bakang nagpapasan (sa literal, maging mabigat sa bata), Awit 144:14a – BDB 687, KB 741, *Pual*
7. lumalabas (i.e., "nagpapasan" ) na walang suliranin, Awit 144:14b – BDB 422, KB 425, *Qal*
8. mayroong pahiwatig na PANDIWARI sa Awit 144:14c – NASB ay may "hayaan," na tumutugma sa Awit 144:12-14b, "*hayaang walang* panaghoy sa aming mga lansangan"

Ang lahat ng ito ay mga pagpapala ng pangkasunduang pagsunod (cf. Levitico 26; Deuteronomio 27-30). Pansinin na ang pangkasunduang pagpapala ng Awit 144:15. NASB ay isinasalin kapwa sa Awit 144:1 at 15 bilang "maginhawa," ngunit sila ay magkaibang Hebreong salita.

1. Awit 144:1 – BDB 138

2. Awit 144:15 – BDB 80

Ang terminong “masaya” o “maginhawa” (BDB 80, cf. Awit 1:1) ay inuulit at ay inilalarawan kung bakit sila pinagpala (cf. Awit 32:1-2; 34:8; 40:4; 84:5,12; 94:12; 127:5; Kawikaan 3:13; 8:34; 28:14). Ito rin ay ginamit sa mga panglahat na pagpapala (cf. Awit 33:12; 89:15; 144:15).

**144:12** Ang terminong “pananaim” (BDB 642) ay makikita lamang dito ngunit ito ay napakalapit sa karaniwang normal ugat para sa “halaman.”

1. pananim (dito) – נטיע
2. halaman – נטע, na kadalasang ginagamit

▣ **“mga panulok na bato”** Ito rin ay isang di-karaniwang termino, matatagpuan lamang dito at sa Zacarias 9:15.

**144:13 “kamalig”** Ang terminong ito rin (BDB 265, KB 565) ay matatagpuan lamang dito sa OT (cf. NIDOTTE, tomo 2, 909). Karamihan ng mga salin ay may “mga kamalig.”

**144:14** Mayroong dalawang paraan upang tingnan ang talatang ito.

1. It ay kasama ng Awit 144:13b at nauugnay sa malusog, mabungang bakahan (NIDOTTE, tomo 2, p. 498).
2. Ito ay kasama ng Awit 144:14b,c at nauugnay sa isang panalangin upang di masira ang pader ng lungsod, na hindi maipapahintulot ang pagpasok ng isang mananakop.

Ang UBS *Handbook* (p. 1161) ay nagpapahayag na walang paraan mula sa teksto o konteksto upang malaman ang pinakamainam na opsyon.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang Awit na ito sa Awit 18?
2. Paano maiuugnay ang Awit 144:3 at 4 sa Awit 144:1 at 2?
3. Paano maiuugnay ang Awit 144:5-7 sa “Banal na Digmaan”?
4. Ano o kanino tumutukoy ang “mga dakilang tubig” sa Awit 144:7?
5. Bakit ang panimula ng MT introduction ay hindi umaakma sa Awit 144:10?
6. Ang Awit 144:12-14 ba ay mga panalangin o mga pahayag?

# AWIT 145

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Itinanghala ang Diyos sa Kaniyang Kabutihan<br>Panimula sa MT<br>Isang Awit ng pagpuri, ni David. | Awit ng Pagkamaharlika at Pag-ibig ng Diyos | Imnong Ginagawang Ehem-ploy ang Katangian ng Diyos ng Israel<br>(isang akrostiko) | Isang Imno ng Pagpuri | Purihin si Yahweh ang Hari<br>(akrostiko) |
| 145:1-7 | 145:1-3 | 145:1-3 | 145:1-3 | 145:1-3 |
| | 145:4-7 | 145:4-7 | 145:4-9 | 145:4-5 |
| | | | | 145:6-7 |
| 145:8-13 | 145:8-9 | 145:8-9 | | 145:8-9 |
| | 145:10-13 | 145:10-13b | 145:10-13b | 145:10-11 |
| | | | | 145:12-13b |
| | | 145:13c-20 | 145:13c-16 | 145:13c-14 |
| 145:14-16 | 145:14-16 | | | |
| | | | | 145:15-16 |
| 145:17-21 | 145:17-21 | | 145:17-20 | 145:17-18 |
| | | | | 145:19-20 |
| | | 145:21 | 145:21 | 145:21 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isang akrostikong Awit. Mayroong ibang halimbawa sa Salmo.
   1. Awit 9 at 10
   2. Awit 25

3. Awit 34
4. Awit 37
5. Awit 111
6. Awit 112
7. Awit 119
8. Awit 145

Ang akrostiko ay maaari ding makita sa Kawikaan 31:16-31 at Panaghoy 1; 2; 3; at 4. Mayroong 22 titik sa Hebreong alpabeto. Mayroon lamang 21 mga talata sa Awit na ito, kaya maliwanag na ang isang titik ay tinanggal. Ang Hebreong "N" ay nailagay sa ibang lugar sa Masoretikong teksto (tingnan ang Natatanging Paksa: Tekstwal na Kritisismo). Ito ay isinama sa lahat ng mga sinaunang salin—ang Septuagint, ang Vulgata, at ang Peshitta. Makikita natin ito sa isang Hebreong kasulatan sa Dead Sea Scrolls, 11QPs[a].

B. Ang Awit na ito ay tungkol sa katangian ng Diyos ng Israel at Kaniyang mga gawa na naghahayag ng katangian. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel.

C. Ang Awit na ito ay may isang natatanging pangkalahatang sangkap na makikita sa Awit 145:8-21. Ito ay isa sa mga natatanging mga sulyap sa puso ng Diyos na na naghahayag ng Kaniyang pag-ibig para sa lahat ng mga tao ng mundo at ng Kaniyang pagnanais para sa lahat na tao na makilala Siya sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. Ezekiel 18:23,32; Juan 3:16; 4:42; 1 Timoteo 2:4; 4:10; Titus 2:11; 2 Pedro 3:9; 1 Juan 2:1; 4:14; tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 145:1-7**

**1 Ibubunyi kita, Diyos ko, Oh Hari;**
**at aking pupurihin ang pangalan mo magpakailan-kailan pa man.**
**2 Araw-araw ay pupurihin kita;**
**at aking pupurihin ang pangalan mo magpakailan-kailan pa man.**
**3 Dakila ang Panginoon, at marapat na purihin;**
**at ang kaniyang kadakilaan ay hindi masayod.**
**4 Ang isang lahi ay pupuri ng iyong mga gawa sa isa.**
**At ipahahayag ang iyong mga makapangyarihang gawa.**
**5 Sa maluwalhating kamahalan ng iyong karangalan,**
**at sa iyong mga kagilagilalas na mga gawa, magbubulay ako.**
**6 At ang mga tao ay mangagsasalita ng kapangyarihan ng iyong kakilakilabot na mga gawa;**
**at aking ipahahayag ang iyong kadakilaan.**
**7 Kanilang sasambitin ang alaala sa iyong dakilang kabutihan,**
**at aawitin nila ang iyong katuwiran.**

**145:1 "Ibubunyi kita"** Pansinin na lubhang kadalasan na inihayag ang personal na sangkap sa Awit 145:1-7. Ito ay maliwanag na makikita sa pariralang, "aking Diyos." Ito ay maliwanag na ang personal na pananampalataya ay ang nagsisimulang punto sa pagkaunawa sa Diyos ng paglalang at sa kasaysayan.

Ang panimulang istropa (i.e., Awit 145:1-7) ay may maraming MGA PANG-PANGKAT.

1. ibubunyi kita, Awit 145:1 – BDB 926, KB 1202, *Polel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
2. aking pupurihin ang pangalan mo, Awit 145:1 – BDB 138, KB 159, *Piel* PANG-PANGKAT

3. pupurihin kita, Awit 145:2 – BDB 138, KB 159, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan
4. pupurihin ko ang iyong pangalan, Awit 145:3 – BDB 237, KB 248, *Piel* PANG-PANGKAT
5. magbubulay ako sa iyong kagilagilalas na mga gawa, Awit 145:5 – BDB 967, KB 1319, *Qal* PANG-PANGKAT
6. ihahayag ko ang iyong kadakilaan, Awit 145:6 – BDB 707, KB 765, *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANG-PANGKAT na kaunawaan

Ang tunay na matapat na mga taga-sunod ay kailangang maihayag ang kanilang pananampalataya at pagpuri kay YHWH.

▣ **"Oh Hari"** Si YHWH ay ang tunay na Hari ng Israel (cf. 1 Samuel 8:7). Ang pangmundong hari ay tanging isa lamang kinatawan ng makalangit na Hari (cf. Awit 10:16; 29:10; 98:6).

▣ **"aking pupurihin ang pangalan mo"** Ang konsepto ng "pagpapala" (BDB 138–PANDIWA, 139–PANGNGALAN) ay bahagi ng Hebreong teolohiya na nauugnay sa kapangyarihan ng isinawikang salita. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapala (OT).

Ang terminong "pangalan" (BDB 1027) ay isang Hebraikong paraan ng pagtukoy sa tao. Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

Ang Diyos ng Israel ay tinawag na *Eloah* sa Awit 145:1 ngunit ang YHWH ay siyam na beses sa kabuuan ng Awit. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos.

▣ **"magpakailan-kailan pa man"** Ang parirala ay ginamit sa Awit 145:1b at 2b at tila ginamit sa isang katulad na kaunawaan sa Awit 34:1, na maliwanag na inihayag sa Awit 145:2a. Ito ay hindi talaga isang pagpapatunay ng kabilang buhay ngunit isang Hebreong wikain ng araw-araw na pagpuri. Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

**145:3 "ang kaniyang kadakilaan ay hindi masayod"** Ang PANGNGALAN na "kadakilaan" (BDB 153) ay ginamit sa kapwa

1. Diyos mismo – 1 Cronica 29:11; Awit 48:1; 86:10; 147:5
2. Kaniyang mga gawa – 2 Samuel 7:21; 1 Cronica 17:19-21

Ang "hindi masayod" (sa literal, "walang paghahanap," i.e., PANGNGALAN KAYARIAN) ay ginamit sa Job 5:9; 9:10; 11:7. Ang katulad na konsepto ng paraan na malayong nasa ibabaw ng ating pagkaunawa ay inihayag sa Awit 40:5,28; 139:6; Isaias 40:28; 55:8,9; taga-Roma 11:33.

**145:4 "Ang isang lahi ay pupuri ng iyong mga gawa sa isa"** Ito ay isang pagbibigay-diin sa pagpasa ng kanilang pananampalataya sa kanilang mga anak (cf. Deuteronomio 4:9,10; 6:7,20-25; 11:19; 32:7,46; Awit 22:30,31).

Ang MGA PANDIWA ng Awit 145:4 ay MGA DI-GANAP ngunit sila ay maaaring may PANGKAUTUSAN sa kahulugan, na naglalarawa ng mga pagnanais/mga panalangin ng salmista. Ang katulad na katotohanan ay Awit 145:6 at 7 (NET Bible, p. 1009).

▣ **"iyong mga makapangyarihang gawa"** Ang pagbibigay-diing ito ay sa Diyos na kumikilos sa katapatan ng Kaniyang mga pangkasunduang pangako, cf. Awit 145:4,5,6,7,12. Ang terminong ito ay kadalasang tumutukoy sa nakalipas na pangkatubusang mga gawa nga Diyos, tulad ng Exodo.

**145:5 "Sa maluwalhating kamahalan ng iyong karangalan"** Ang pantaong bokabularyo ay lubhang di-sapat sa paghahayag ng kaluwalhatian ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian [OT]). Dito ay isang kalipunan ng mga salita na inugnay na magkakasama upang masundan ang maluwalhating kalikasan ng Diyos.

1. kamahalan – BDB 214, cf. 1 Cronica 16:27; Awit 29:4; 90:16; 96:6; 104:1; 111:3; Isaias 2:10,19,21

2. karangalan – BDB 217, cf. 1 Cronica 16:27; 29:11; Awit 96:6; 111:3; 148:13
3. kagilagilalas – BDB 810, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kahanga-hangang Bagay

▣ **"magbubulay ako"** Ang mga matapat na taga-sunod ay maaalala ang mga dakilang gawa ni YHWH, cf. Awit 145:7. Ito ay nakakamangha kung ilang beses sa Bibliya na pinapaunawa sa matapat na mga taga-sunod na alalahanin ang ginawa ng Diyos!

**145:6 "ang mga tao ay mangagsasalita ng kapangyarihan ng iyong kakilakilabot na mga gawa"** Ito ay ang unang pagkabanggit sa "lahat na mga tao," na karaniwan koro ng Awit 145:8-21. Ito ay may kontekstwal na malapit na pagsasama ng lahat na mga Hentil, gayundin ang mga Hudyo. Gayunman, ito ay maaaring isang pampanitikang pangangailangan na mabuo sa pamamagitan ng akrostikong anyo ng pagsulat.

Pansinin ang bilang ng mga paraan na tinutukoy ng salmista ang mga gawa ni YHWH.

1. Iyong mga gawa, Awit 145:4a, 9b, 10a
2. Iyong mga makapangyarihang gawa, Awit 145:4b, 12
3. Iyong kagilagilalas na mga gawa, Awit 145:5b
4. Iyong nakamamanghang gawa, Awit 145:6a

Ito ay tumutukoy sa

1. ang paglalang at/o ang baha
2. mga gawa ng pagpapatawad at pagpapanumbalik
3. panawagan kay Abraham at mga Patriyarka
4. ang Exodo
5. ang Pananakop
6. mga tagumpay sa digmaan
7. atbp.

**145:7 "sasambitin"** Ang PANDIWA (BDB 615, KB 665, *Hiphil* DI-GANAP) ay nangangahulugang "sa bubble up." Ito ay na ginamit kadalasang sa isang talinghaga na kaunawaan (cf. Awit 19:2; 78:2; 119:171, 145:7). Ito ay nagpapakilala isang constant, excited proclamation.

▣ **"Iyong katuwiran"** Ang terminong "katuwiran" (BDB 842) ay nagmula sa Hebreong ugat, "isang panukat na tambo." Ito ay maaaring ginamit sa dalawang paraan sa OT:

1. ang napakataas na kabanalan at kawalang-hanggan ng Diyos
2. Kaniyang mga gawa ng pagtutubos sa Israel

Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 145:8-13**

**8 Ang Panginoon ay mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan;**
**banayad sa pagkagalit, at dakila sa kagandahang-loob.**
**9 Ang Panginoon ay mabuti sa lahat;**
**at ang kaniyang mga malumanay na kaawaan ay nasa lahat niyang mga gawa.**
**10 Lahat mong mga gawa ay mangagpapasalamat sa iyo Oh Panginoon;**
**at pupurihin ka ng iyong mga banal.**
**11 Sila ay mangagsasalita ng kaluwalhatian ng iyong kaharian,**
**at mangungusap ng iyong kapangyarihan;**
**12 Upang ipabatid sa mga anak ng mga tao ang kaniyang mga makapangyarihang gawa,**
**at ang kaluwalhatian ng kamahalan ng kaniyang kaharian.**
**13 Ang kaharian mo ay walang hanggang kaharian,**
**at ang kapangyarihan mo ay sa lahat ng sali't saling lahi.**

**145:8 "Ang Panginoon ay mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan;**
**banayad sa pagkagalit, at dakila sa kagandahang-loob"** Ito ay isang tuwirang sipi mula sa Exodo 34:6,7 at ay inulit sa Awit 103:8. Ito ay hindi lamang nagkakaloob sa atin ng mga katangian ng kalikasan ng Diyos, ngunit muling nagpapakita sa kaniyang mga makapangyarihang gawa sa kasaysayan na pinasimulan sa pamamagitan ng biyaya, hindi ng pantaong kagalingan (i.e., ang Exodo). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel.

**145:9 "Ang Panginoon ay mabuti sa lahat,**
**ang kaniyang mga malumanay na kaawaan ay nasa lahat niyang mga gawa"** Ang Diyos ay may isang walang-hanggang pag-ibig para sa mga taong nilikha sa Kaniyang larawan (cf. Genesis 1:26,27; 3:8). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

**145:10 "Lahat mong mga gawa ay mangagpapasalamat sa iyo Oh Panginoon"** Ihambing ito sa Awit 103:19-22.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"mga bahal"** |
| **NKJV, Peshitta** | **"banal"** |
| **NRSV, NJB** | **"matapat"** |
| **TEV** | **"bayan"** |
| **JPSOA** | **"mga matapat"** |
| **REB** | **"mga matapat na lingkod"** |
| **LXX** | **"tapat"** |

Ang Hebreong PANG-URI (BDB 339) ay batay sa ugat חסד ("*hesed*," BDB 338, tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*]). Ito ay nangingibabaw na ginamit para sa matapat na pangkasunduan taga-sunod (cf. 1 Samuel 2:9; Awit 4:3; 12:1; 30:4; 31:24; 37:28; 50:5; 79:2; 85:8; 86:2; 89:19; 97:10; 116:15; 145:10; 148:14; 149:9), ngunit tumutukoy din sa

1. mga saserdote – Deuteronomio 33:8; 2 Cronica 6:4; Awit 132:16
2. ang Mesias – Awit 16:10
3. mga anghel ng konseho ng kalangitan – Awit 29:1; 103:19-22; 148:2; at istropang ito

**145:11-12** Ang mga talatang ito ay maaaring tumukoy sa

1. maka-anghel na pagpuri – tingnan ang #3 sa Awit 145:10
2. ang tungkulin ng matapat na mga taga-sunod na makilala si YHWH ng lahat ng mga tao (i.e., "mga anak ng tao")

Ito ay napanakahirap pagpasyahan kung ano ang higit na mabuti. Ang bilang 1 ay nagpapakilala na ang lahat na paglalang ay lumuluwalhati sa Manlilikha nito (cf. Awit 103:19-22; 148:2) at ang bilang 2 ay ang layunin ng panawagan kay Abraham (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

**145:13 "Iyong kaharian ay isang magpakailan man kaharian"** Ang konseptong ito ng isang walang-hanggang kaharian ay matatagpuan sa Awit 10:16; 29:10; Isaias 9:6-7; Daniel 2:44; 4:3,34; 6:26; 7:14,26; 2 Pedro 1:11. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Kaharian ng Diyos.

▣ **"deed"** Ito ay kung saan ang mga pinaka-makabagong salin ay isiningit ang nawawalang *nun* na parirala mula sa LXX, Peshitta at Vulgata, at isang Hebreong kasulatan ng Dead Sea Scrolls (i.e., 11QPs[a]), "Ang Diyos ay matapat sa lahat ng Kaniyang mga salita at mapagbiyaya sa lahat na Kaniyang mga gawa." Ito ay lubhang magkakatulad sa Awit 145:17.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 145:14-16**

[14]**Inaalalayan ng Panginoon ang lahat na nangabubuwal,**
**at itinatayo yaong nangasusubasob.**
[15]**Ang mga mata ng lahat ay nangaghihintay sa iyo;**
**at iyong ibinigay sa kanila ang kanilang pagkain sa ukol na panahon.**
[16]**Iyong binubuksan ang iyong kamay,**
**at sinasapatan mo ang nasa ng bawat bagay na may buhay.**

**145:14 "Inaalalayan ng Panginoon ang lahat na nangabubuwal"** Ang Awit 145:14-16 nagpapahayag ng pagtutustos ng Diyos sa mga pangangailangan ng matapat na mga taga-sunod, habang ang Awit 145:17-21 ay nagpapahayag ng pagkakaloob ng Diyos para sa kanilang mga espiritwal na mga pangangailangan. Pansinin ang paulit-ulit na paggamit ng terminong "lahat."

**145:15 "Ang mga mata ng lahat ay nangaghihintay sa iyo"** Ang mga talatang ito ay nagpapahayag na ang Diyos ay nagkakaloob ng pagkain para sa lahat ng Kaniyang mga nilalang, cf. Awit 104:27,28; 136:25.

**145:16** Ito ang konsepto ng "Probidensiya." Nilikha at pinananatili ng Diyos ang planetang ito at lahat ng anyong buhay dito. Ang pagkilos na ito sa OT ay pinagpapalagay kay *Elohim* (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 145:17-21**

[17]**Ang Panginoon ay matuwid sa lahat niyang daan,**
**at mapagbiyaya sa lahat niyang mga gawa.**
[18]**Ang Panginoon ay malapit sa lahat na nagsisitawag sa kaniya,**
**sa lahat na nagsisitawag sa kaniya sa katotohanan.**
[19]**Kaniyang tutuparin ang nasa nila na nangatatakot sa kaniya;**
**kaniya ring didinggin ang kanilang daing, at ililigtas sila.**
[20]**Iniingatan ng Panginoon ang lahat na nagsisiibig sa kaniya;**
**ngunit lahat ng masama ay lilipulin niya.**
[21]**Ang aking bibig ay magsasalita ng kapurihan ng Panginoon;**
**at purihin ng lahat na laman ang kaniyang banal na pangalan magpakailan-kailan pa man.**

**145:17 "mapagbiyaya sa lahat niyang mga gawa"** Ito ay ang Hebreong salita na *hesed*, na nagpapahayag ng pangkasunduang katapatan ng Diyos. Ito ay mas naunang ginamit sa Awit 145:8 na naglalarawan ng katangian ng Diyos at dito na naglalarawan sa mga pagkilos ng Diyos.

**145:18 "Ang Panginoon ay malapit"** Ito ay isang pagbibigay-diin sa pagkamalapit ng Diyos, habang Awit 145:5 ay nagpapakilala ng Kaniyang pagkamataas, cf. Awit 34:18; 119:151; at lalo na Deuteronomio 4:7.

▣ **"sa lahat na nagsisitawag sa kaniya"** Mayroong kalipunan ng mga pasubali (i.e., Awit 145:18-20). Kailangan itong matandaan na ang lahat ng mga kasunduan ng Diyos ay walang pasubali sa Kaniyang bahagi ngunit may pasubali sa pantaong pagtugon. Ang mga apat na pasubali ay nagpapahayag ng pagsisisi at pananampalataya, kapwa panimula at nagpapatuloy, sa bahagi ng bayan ng Diyos. Tingnan ang mga tala sa taga-Roma 10:9-13 sa internet.

**145:19 "nila na nangatatakot sa kaniya"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Takot (OT).

**145:20 "ngunit lahat ng masama ay lilipulin niya"** Hindi ito nagpapahayag ng pagkalipol sa

kamatayan ngunit pisikal na kahatulan, cf. Ezekiel 14:9; Amos 9:8; Habakkuk 2:2 (tingnan si Robert Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, p. 178).

**145:21 "purihin ng lahat na laman ang kaniyang banal na pangalan magpakailan-kailan pa man"** Muli, ito ay tulad ng Awit 145:1 at 3. Ito ay hindi isang pagpapatunay ng kabilang buhay, ngunit may katiyakang ipinapahiwatig, gaya sa taga-Filipos 2:6-11.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang mga kapuri-puring katangian ng Diyos.
2. Ang Awit na ito ay tumutukoy sa mga pagkilos ni YHWH sa maraming mga talata at sa maraming paraan. Anong mga gawa ang tinutukoy dito?
3. Paano naipapahayag ng Awit 145:8-16 (at 145:21) pangkalahatang pag-ibig ni YHWH?
4. Sino ang "ang mga maka-Diyos" ng Awit 145:10?
5. Sino ang "ang mga anak ng tao" ng Awit 145:12?
6. Ang OT ba ay tumutuon sa isang walang-hanggang kaharian o isang millennium?
7. Paano maiuugnay ang "pagkamataas" ng Awit 145:5 sa "pagkamalapit" ng Awit 145:18?
8. Itala ang apat na mga kalagayan ng Awit 145:18-20 na nauugnat sa matapat na mga taga-sunod.

# AWIT 146

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Panginoon ay Mayabong na Katulong<br>Walang Panimula sa MT | Ang Kasiyahan Nilang ang Tulong ay sa Panginoon | Imnong Nagpupuri sa Diyos dahil sa Kaniyang Tulong | Sa Pagpuri sa Diyos na Tagapagligtas | Imno sa Diyos ng Pagtulong |
| 146:1-7 | 146:1a | 146:1-2 | 146:1-2 | 146:1-2 |
| | 146:1b-2 | | | |
| | 146:3-4 | 146:3-4 | 146:3-4 | 146:3-4 |
| | 146:5-7 | 146:5-7b | 146:5-7b | 146:5-6b |
| | | | | 146:6c-7 |
| | | 146:7c-9 | 146:7c-9 | |
| 146:8-10 | 146:8-9 | | | 146:8-9 |
| | | | | 146:8c |
| | | | | 146:9c |
| | 146:10 | 146:10 | 146:10 | 146:10 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 146:1-7**
**[1]Purihin ninyo ang Panginoon.**
**Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko.**
**[2]Samantalang ako ay nabubuhay ay pupurihin ko ang Panginoon:**
**ako ay aawit ng mga pagpuri sa aking Diyos, samantalang ako ay may buhay.**
**[3]Huwag ninyong ilagak ang inyong tiwala sa mga pangulo,**
**ni sa anak man ng tao, na walang pagsaklolo.**

[4]**Ang hininga niya ay pumapanaw, siya ay nanunumbalik sa kaniyang pagkalupa;**
**sa araw ding yaon ay mawawala ang kaniyang pagiisip.**
[5]**Maginhawa ang may pinaka saklolo sa Diyos ni Jacob,**
**na ang pagasa ay nasa Panginoon niyang Diyos:**
[6]**Na gumawa ng langit at lupa,**
**ng dagat, at ng lahat na nandoon;**
**na nagiingat ng katotohanan magpakailan man:**
[7]**Na nagsasagawa ng kahatulan sa napipighati;**
**na nagbibigay ng pagkain sa gutom:**
**pinawawalan ng Panginoon ang mga bilanggo;**

**146:1-2** Ang istropang ito (Awit 146:1-7) ay nagsisimula sa isang dalawahang "hallelujah" (BDB 237, KB 248, *Piel* MGA PAUTOS). Ito ay sinusundan ng dalawang pansariling pangako ng salmista.

1. pupurihin ko – BDB 237, KB 248, *Piel* PANG-PANGKAT
2. ako ay aawit ng pagpuri – BDB 274, KB 273, *Piel* PANG-PANGKAT)

Ang pagpuri kay YHWH ay ipinapakilala sa mga Awit 146-150. Ang Salmo ay nagwawakas sa ganitong pagpapatunay.

**146:1 "kaluluwa"** Ito ay ang terminong *nephesh* (BDB 659), na nagpapakilala ng buong pagkatao (cf. Awit 103:1). Tingnan ang mga tala sa internet sa Genesis 35:18.

**146:2** Pansinin ang pagkakaagapay sa pagitan ng

1. samantalang ako ay nabubuhay – BDB 313
2. samantalang akoy ay may buhay – BDB 728

Ang mga ito ay nagpapakilala ng Hebreong konsepto na walang pagpuri sa Diyos pagkatapos ng kamatayan (cf. Job 10:21-22; 38:17; Awit 63:4; 104:33; Isaias 38:18). Ang OT ay may isang pasimulang teolohiya ng buhay pagkatapos ng kamatayan. Ang Bagong Tipan na progresibong kapahayagan ay nagpupuno ng teolohiyang ito. Tingnan ang Natatanging Paksa: *Sheol*.

**146:3** Si YHWH ay pinapapurihan dahil sa Kaniya, at Kaniya lamang, ang kaligtasan/pagpapalaya (BDB 448), tiyakang hindi sa mahina, nalugmok na sangkatauhan (MT, "isang anak ng tao"; LXX, "mga anak ng mga tao"; cf. Awit 60:11; 108:12). Ang PANG-ISAHAN ay kumakatawan sa lahat ng sangkatauhan, sa ng Awit 118:8.

**146:4** Ang talatang ito ay kinukuha ang kaisipan ng Awit 146:2. Sa kamatayan, ang katawan ay bumabalik sa alabok (cf. Genesis 3:19; Job 34:15; Awit 104:29; Ecclesiastes 12:7). Ang espiritu (*ruah*, BDB 924) o ang pwersa ng buhay na tumutungo sa *Sheol*.

▣ **"kaniyang pag-iisip"** Ang salitang ito (BDB 799) ay makikita lamang dito sa OT at isinalin ng pinakamakabagong mga salin bilang "mga plano/mga panukala."

**146:5** Ang Awit ay pinupuri si YHWH ngunit tinatala din kung gaano "kaginhawa" (BDB 80) ang matapat na mga taga-sunod. Ang Awit 146:6-7 at 8-9 ay nagtala ng kapangyarihan at kahabagan ng Diyos ni Jacob.

▣ **"saklolo"** Ang PANGNGALAN (BDB 740 I) ay kadalasang maiuugnay sa pagpapalaya at pangangalaga (cf. Exodo 18:4; Deuteronomio 33:7,26; Awit 33:20; 70:5; 115:9,10,11).

▣ **"pag-asa"** Ang PANGNGALAN (BDB 960 II) ay maaaring isinalin na

1. maghintay – Awit 104:27; 145:15

2. umasa – Awit 119:166, Isaias 38:18

**146:6-7** Mayroong kalipunan ng *Qal* MGA PANDIWARI na naglalarawan kay YHWH

3. bilang Manlilikha (i.e., *Elohim*)
    a. gumawa ng langit, lupa, dagat, cf. Awit 115:15; 121:2; 124:8; 134:3; Isaias 37:16; Jeremias 32:17
    b. nilikha ang lahat ng nasa kanila
    c. ito ay isang buod na kapahayagan na nauugnay sa planetang ito
4. bilang kasunduang Diyos (i.e., YHWH)
    a. pinananatili ang pananampalataya/patitiwala (tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT)
    b. nagsasagawa ng katarungan para sa napaglumitan (ang NEB at REB, tingnan ang "magpakailan man," לעולם, ng Awit 146:6c bilang "ang naapi," לעולים, UBS Text Project, p. 440)
    c. nagkakaloob ng pagkain sa gutom, cf. Awit 145:15
    d. pinapalaya ang mga bilanggo, cf. Awit 68:6; 102:20; 107:10,14; Isaias 61:1
        (1) talinghaga ng mga suliranin
        (2) pagkaalipin sa mga utang
        (3) mga pagpapatapon

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 146:8-10**

**8 Idinidilat ng Panginoon ang mga mata ng bulag;**
**ibinabangon ng Panginoon ang mga nasusubasob;**
**iniibig ng Panginoon ang matuwid;**
**9 Iniingatan ng Panginoon ang mga taga ibang lupa;**
**kaniyang inaalalayan ang ulila at babaing bao;**
**ngunit ang lakad ng masama ay kaniyang ibinabaligtad.**
**10 Maghahari ang Panginoon magpakailan man.**
**Ang iyong Diyos, Oh Sion, sa lahat ng sali't saling lahi.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**146:8-9** Tulad ng Awit 146:6-7, ang mga talatang ito ay naglalarawan ng Diyos na kumikilos, na lubhang naiiba sa mga walang-buhay na mga idolo (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng Diyos ng Israel).

1. idinidilat ang mga mata ng bulag – BDB 824, KB 959, *Qal* PANDIWARI
2. ibinabangon ang mga nasusubasog – BDB 279, KB 279, *Qal* PANDIWARI, cf. Awit 145:14 (ito lamang ang mga pagkakagamit ng PANDIWA sa OT)
3. iniibig ang matuwid – BDB 12, KB 17, *Qal* PANDIWARI, cf. Awit 11:7; 33:5
4. iniingatan ang taga-ibang lupa – BDB 1036, KB 1581, *Qal* PANDIWARI (para sa isang mabuting maikling artikulo, basahin si Roland de Vaux, *Ancient Israel*, pp. 74-76)
5. inaalalayan ang ulila at ang babaing bao – BDB 728, KB 795, *Piel* DI-GANAP
6. binabaliktad ang daan ng masama – BDB 736, KB 804, *Piel* DI-GANAP

Ang talang ito ay isang pinagsamang mga gawa ng Diyos mula sa Levitico, Deuteronomio, at ang Propeta.

Ang bilang 6 sa literal, ay "yumuko" (BDB 736) o "mabali." Ito ay maaaring isang paglalaro sa salitang "matuwid" ng Awit 146:8c, na nangangahulugang "maging matuwid" (tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran). Ang lahat ng mga salita para sa kasalanan ay isang paglalaro sa talinghaga para sa katangian ng Diyos, sa liwanag na ang lahat ng mga tao ay hindi matuwid.

**146:10** Ito ay nagpapahayag ng kapangyarihan ng Diyos ng Israel at Kaniyang mga plano (cf. Exodo 15:18;

Awit 10:16; 29:10). Isa lamang teolohikong tala, paano maghahari si YHWH at saan at kanino? Pakitinggan ang Natatanging Paksa: Bakit ang mga Pangako sa OT Kasunduan at tila Naiiba sa mga Pangako ng NT Kasunduan.

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang inaasahan ng mga Israelita pagkatapos ng kamatayan (Awit 146:2,4)?
2. Ang Awit 146:6 ba ay nagpapahayag ng sanlibutan o planetang ito?
3. Paanong ang mga paglalarawan ng katangian at mga gawa ng Diyos ay nauugnay sa kaisipang ANE tungkol sa kung paano kikilos ang isang hari?
4. Si YHWH ba ay maghahari sa/mula sa Sion o Siya ay maghahari sa pangkalahatan? Paanong binago ng NT ang OT konseptong ito?

# AWIT 147

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpupuri sa Pagpapanum-balik at Kasaganahan ng Herusalem<br>Walang Panimula sa MT | Purihin ang Diyos sa Kanyang Salita at Kalooban | Imnong Nagpupuri sa Diyos dahil sa Kaniyang Pangka-lahatang Kapangyarihan at Kaloobang Pangangalaga | Sa Kapurihan ng Diyos na Makapangyarihan sa Lahat | Imno sa Makapangyarihan sa Lahat |
| 147:1-6 | 147:1 | 147:1-6 | 147:1-3 | 147:1-4 |
| | 147:2-6 | | | |
| | | | 147:4-6 | |
| | | | | 147:5-6 |
| 147:7-11 | 147:7-9 | 147:7-11 | 147:7-9 | 147:7-9 |
| | 147:10-11 | | 147:10-11 | 147:10-11 |
| 147:12-20 | 147:12-14 | 147:12-20 | 147:12-14 | 147:12 |
| | | | | 147:13-14 |
| | 147:15-18 | | 147:15-18 | 147:15-16 |
| | | | | 147:17-18 |
| | 147:19-20c | | 147:19-20b | 147:19-20b |
| | 147:20d | | 147:20c | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 147:1-6**
**1 Purihin ninyo ang Panginoon;**
**sapagkat mabuting umawit ng mga pagpuri sa ating Diyos;**
**sapagkat maligaya, at ang pagpuri ay angkop.**

**[2]Itinatayo ng Panginoon ang Herusalem;**
**kaniyang pinipisan ang mga natapon na Israel.**
**[3]Kaniyang pinagagaling ang mga may bagbag na puso,**
**at tinatalian niya ang kanilang mga sugat.**
**[4]Kaniyang sinasaysay ang bilang ng mga bituin;**
**siya ang nagbibigay sa kanila ng lahat nilang pangalan.**
**[5]Dakila ang ating Panginoon, at makapangyarihan sa kapangyarihan;**
**ang kaniyang unawa ay walang hanggan,**
**[6]Inaalalayan ng Panginoon ang maamo:**
**kaniyang inilulugmok sa lupa ang masama.**

**147:1-6** Ang unang istropa (Awit 147:1-6), tulad ng Awit 146, ay natatala ng maraming mga katangian ng Diyos na tinitiyak ng Kaniyang mga gawa (Awit na ito ay pagkatapos ng pagpapatapon).

1. para sa Israel
   a. pagtatayo ng Herusalem
   b. pagtitipon ng kaniyang mga pinalayas (i.e., mga pinatapon, cf. Isaias 11:12; Ezekiel 39:28)
2. para sa nangangailangan
   a. pinapagaling ang mga nawasak na puso (maaaring tumutukoy sa nagsisising Israel sa pagkakatapon, cf. Awit 51:17,18)
   b. inaalalayan ang maamo (i.e., kadalasang ginagamit ng matapat na mga taga-sunod)
   c. inilulugmok sa lupa ang masama
      (1) mga banyagang bansa
      (2) mga di-matapat na kasama sa kasunduan
3. laban sa paganismo (i.e., astral na pagsamba sa Diyus-diyosan)
   a. isinasaysay ang mga bilang ng bituin (Genesis 1:16; Isaias 40:26, i.e., hindi mga diyos, cf. Awit 8:3)
   b. tinatawag sa kanilang pangalan (i.e., namamahala sa kanila)
   c. YHWH ay makapangyarihan sa kapangyarihan (cf. Isaias 40:26e)
   d. YHWH ay may walang-hanggang pagkaunawa (BDB 108, cf. Isaias 40:28)

**147:1**
**NASB** **"angkop"**
**NKJV** **"nakalulugod"**
**TEV, REB** **"akma"**
**JPSOA** **"maluwalhati"**

Ang PANG-URI (BDB 610) ay maaaring mangahulungang

1. maganda – Awit ni Solomon 1:5; 2:14; 4:3; 6:4
2. angkop, nararapat kapag ginamit sa pagpuri sa Diyos – Awit 33:1; 93:5; Kawikaan 17:7

**147:4b "siya ang nagbibigay sa kanila ng lahat nilang pangalan"** Ang pagbibigay ng pangalan sa anumang bagay ay nagpapakita ng kapamahalaan dito (cf. Genesis 2:18-20).

**147:6 "sa lupa"** Ito ay mauunawaan sa maraming paraan.

1. ang natalong kaaway ay yumuko sa lupa
2. isang kaliguyan para sa kamatayan/*Sheol*

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 147:7-11**
**[7]Magsiawit kayo sa Panginoon ng pagpapasalamat;**
**magsiawit kayo sa alpa ng mga pagpuri sa ating Diyos:**

**[8]Na nagtatakip sa mga langit ng mga alapaap.**
**Na siyang naghahanda ng ulan sa lupa, na nagpapatubo ng damo sa mga bundok.**
**[9]Siya ay nagbibigay sa hayop ng kaniyang pagkain.**
**At sa mga inakay na uwak na nagsisidaing.**
**[10]Siya ay hindi nalulugod sa lakas ng kabayo:**
**siya ay hindi nasasayahan sa mga paa ng tao.**
**[11]Ang Panginoon ay naliligaya sa kanila na nangatatakot sa kaniya,**
**sa nagsisiasa sa kaniyang kagandahang-loob.**

**147:7-11** Gaya ng unang istropa na nagsimula sa "pagpuri" (*Piel* PAUTOS), ito (Awit 147:7-11) ay nagsisimula sa "pag-awit."
1. magsiawit – BDB 777, KB 854, *Qal* PAUTOS
2. magsiawit ng mga papuri – BDB 274, KB 273, *Piel* PAUTOS

Ang layon ng pag-awit na ito ay si YHWH at Kaniyang mga dakilang gawa.
1. bilang tagapanatili ng paglalang at ang karaniwang pag-ikot ng kalikasan (cf. Awit 104:10-17)
   a. mga ulap
   b. ulan
   c. paglago ng
   d. pagkain para sa mga hayop (cf. Awit 104:27b; 136:25)
2. sila na hindi Niya pinagkakatiwalaan at sila na pinagkakatiwalaan Niya
   a. kasalungat (cf. Awit 33:16-17)
      (1) panghukbong kapangyarihan (i.e., ang kabayo)
      (2) kalakasan ng mga tao (sa literal, mga paa)
   b. paayon
      (1) sila na natatakot (tingnan ang Natatanging Paksa: Takot [OT]) sa Kaniya
      (2) sila na naghihintay sa Kaniyang kagandahang-loob (tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*])

**147:9b** Ang UBS Text Project (p. 1176) ay binabanggit ang isang pangkulturang kawikaan na nagpapayahag na ang mga uwak ay hindi pinapakain nang mainam ang kanilang inakay (cf. Job 38:41), ngunit dito, ito ay nagpapahayag pagkakaloob ng Diyos na may puspos ng kahabagan!

Ito rin ay mahalaga na ang uwak (BDB 788) ay itinuturing na maduming ibon (cf. Levitico 11:15) ngunit patuloy silang kinakalinga ng Diyos!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 147:12-20**
**[12]Purihin mo ang Panginoon, Oh Herusalem;**
**purihin mo ang iyong Diyos, Oh Sion.**
**[13]Sapagkat kaniyang pinatibay ang mga halang ng iyong mga pintuang-bayan;**
**kaniyang pinagpala ang iyong mga anak sa loob mo.**
**[14]Siya ay gumagawa ng kapayapaan sa iyong mga hangganan;**
**kaniyang binubusog ka ng pinakamainam na trigo.**
**[15]Kaniyang sinusugo ang kaniyang utos sa lupa;**
**ang kaniyang salita ay tumatakbong maliksi.**
**[16]Siya ay nagbibigay ng nieve na parang balahibo ng tupa;**
**siya ay nagkakalat ng eskarcha na parang abo.**
**[17]Kaniyang inihahagis na parang putol na maliit ang kaniyang hielo:**
**sinong makatatagal sa harap ng lamig niyaon?**
**[18]Kaniyang pinahahatdan ng salita, at tinutunaw:**
**kaniyang pinahihihip ang kaniyang hangin, at ang tubig ay pinaagos.**
**[19]Kaniyang ipinabatid ang kaniyang salita sa Jacob,**

**ang kaniyang mga palatuntunan at mga kahatulan sa Israel.**
**[20]Siya ay hindi gumawa ng gayon sa alin mang bansa:**
**at tungkol sa kaniyang mga kahatulan, hindi nila nalaman.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**147:12-20** Ang pangatlong istropa (Awit 147:12-20) ay nagsisimula rin sa MGA PAUTOS na papuri.
1. purihin – BDB 986, KB 1387, *Piel* PAUTOS
2. purihin – BDB 237, KB 248, *Piel* PAUTOS

Siya ay karapat-dapat ng papuri dahil sa Kaniyang pangkasunduan katapatan (lalo na sa Levitico 26; Deuteronomio 27-30) tungo sa Israel (i.e., Herusalem. . .Sion).
1. pinapalakas ang mga patibayan ng Herusalem (i.e., mga halang ng pintuang-bayan)
2. pinagpala
   a. ang mga anak ng lungsod (i.e., kalusugan, kanilang bilang)
   b. ang mga taong nasa loob ng lungsod (TEV)
3. nagdudulot kapayapaan sa lupain
4. nagkakaloob ng mabuting ani
5. pinamamahalaan ang panahon (Awit 147:16-18) upang itaguyod ang pang-agrikulturang kasaganahan (i.e., mga pangkasunduang pangako, cf. Awit 147:19)
6. Kaniyang natatanging pakikipag-ugnayan (i.e., kapahayagan) sa mga supling ni Abraham, Isaac, Jacob

**147:14b "pinakamainam na trigo"** Ito ay isang talinghaga ng pang-agrikulturang kasaganahan (cf. Awit 81:16) dahil ang ganitong binhi ay pangunahing pagkain ng ANE.

**147:15** Ang salita ng Diyos ay pinapakilala bilang mabilis na pag-agos (i.e., na nagpapatuloy sa lahat na paglalang). Sa Hebreong kaisipan, ang salita ng Diyos ay isang mapaglikhang kapangyarihan (cf. Genesis 1). Minsang ipagkaloob, maisasakatuparan nito ang kanyang layunin (cf. Isaias 45:23; 55:11).

**147:19 "mga salita. . .mga palatuntunan. . .mga kahatulan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Kapahayagan ng Diyos.

**147:20b "hindi nila nalaman"** kapahayagan ng Diyos ay isang natatanging kaloob. Ito ay nilalayong ipamuhay bilang isang saksi sa mga bansa. Nabigo dito ang Israel! Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

Ang UBS Text Project ay inaantasan ang pariralang ito bilang "C" (malaking pagduruda). Ipinapayo ito nang higit kaysa sa NEB, "hindi sila pinhintulutang malaman." Ang pagkakaibang ito ay
1. MT, NASB – בל - ידעום
2. NEB, REB – בל - ידיעם

**147:20c** Ang Awit ay nagwakas katulad ng pasimula—"Hallelujah"!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan

ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano mo maipapaliwanag ang Awit 145:6,8-13 na tumutuon sa "lahat ng tao" at Awit 147 na tumutuon sa Israel (lalo na sa Awit 147:19-20)?
2. Bakit lubhang mahalaga sa teolohiya ang Awit 147:4 sa sa isang ANE na kalalagayan?
3. Ang ang kaugnayan ng Awit 147:7-9 sa Levitico 26 at Deuteronomio 27-30?
4. Ang nagpapatuloy sa probidensiya na inilalarawan sa Awit 147:16-18 ay nagtatakda sa kalikasan ng mga hindi nagbabagong huwaran. Paano ito makakaapekto sa pag-unlad ng "scientific method" sa kaluraning kultura?
5. Ang Awit 147:20 ba ay nagpapahiwatig na ang Diyos ay hindi ipnapahiwatig ang Kanyang sarili o Kaniyang kapahayagan sa mga Hentil?

# AWIT 148

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Tinatawag ang Buong Nilalalang na Purihin ang Panginoon<br>Walang Panimula sa MT | Purihin ang Panginoon mula sa Nilalang | Imno na Tumatawag sa Lahat ng Linikhang Bagay na Magpuri sa Panginoon | Isang Panawagan sa Sanlibutan na Purihin ang Diyos | Kosmikong Imno ng Pagpupuri |
| 148:1-6 | 148:1a | 148:1-2 | 148:1a | 148:1-2 |
| | 148:1b-4 | | 148:1b-2 | |
| | | 148:3-4 | 148:3-4 | 148:3-4 |
| | 148:5-6 | 148:5-6 | 148:5-6 | 148:5-6 |
| 148:7-12 | 148:7-12 | 148:7-8 | 148:7-8 | 148:7-8 |
| | | 148:9-10 | 148:9-10 | 148:9-10 |
| | | 148:11-12 | 148:11-12 | 148:11-12 |
| 148:13-14 | 148:13-14d | 148:13-14 | 148:13-14c | 148:13-14 |
| | 148:14e | | 148:14d | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Tandaang ang Bibliya ay isang aklat na nakaangkop sa mundo. Ang planetang ito ay nakatuon sa Diyos na naghahanda ng isang natatanging dako ng pagsasama kasama ang Kaniyang pinakamataas na paglalang (i.e., ginawa sa Kaniyang larawan at wangis, cf. Genesis 1:26-27).

B. Ang lahat ng ang iba't-ibang antas ng paglalang
   1. makalangit (i.e., "mula sa mga langit," Awit 148:1b)

2. panlupa (i.e., "mula sa mundo," Awit 148:7a)
3. kasunduang bayan

ay tinawag sa pagpuri kay YHWH, ang Manlilikha at Tagataguyod ng lahat na buhay sa planetang ito at nauugnay sa planetang ito (i.e., mga anghel).

C. Ito ang mang-aawit ng langit at lupa, may buhay at walang buhay!

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 148:1-6**

**1 Purihin ninyo ang Panginoon.**
**Purihin ninyo ang Panginoon mula sa mga langit:**
**purihin ninyo siya sa mga kaitaasan.**
**2 Purihin ninyo siya, ninyong lahat niyang mga anghel:**
**purihin ninyo siya, buo niyang hukbo.**
**3 Purihin ninyo siya, araw at buwan:**
**purihin ninyo siya, ninyong lahat na mga bituing maliwanag.**
**4 Purihin ninyo siya, ninyong mga langit ng mga langit,**
**at ninyong tubig na nasa itaas ng mga langit.**
**5 Purihin nila ang pangalan ng Panginoon:**
**sapagkat siya ay nagutos, at sila ay nangalikha.**
**6 Kaniya rin namang ipinagtatatag magpakailan-kailan man:**
**siya ay gumawa ng pasiya na hindi mapapawi.**

**148:1-6** Ang PANDIWA na "purihin" (BDB 237, KB 248) ay nangingibabaw sa Awit na ito. Ang bawat-isa sa tatlong mga istropa ay nagsisimula dito. Ang Awit 148:1-4 ay naglalaman lahat ng *Piel* MGA PAUTOS, gaya din sa Awit 148:7,14.

Ang unang istropa ay tumutuon sa "ibabaw ng mundo" na mga bagay (cf. Awit 103:19-22).

1. "mula sa ang mga langit" (BDB 1029) – ito ay tumutukoy sa atmospera sa ibabaw ng mundo; tingnan ang Natatanging Paksa: Kalangitan, tingnan din ang Awit 69:34; 96:11; Isaias 44:23; 49:13
2. "sa mga kaitaasan" (BDB 928) – ito ay pagkakaagapay sa "mga langit"
3. "lahat na Kaniyang mga anghel" (BDB 521) – ito ay tumutukoy sa mga may kamalayang lingkod ng Diyos (cf. Awit 103:20); sila ay hindi sinasabing nilikha sa anumang partikular na teksto sa OT, ngunit kanilang pagsasama dito ay mariing inimumungkahi, ang taga-Colosas 1:16 ay mariin ding ipinagpapalagay ang katotohanang ito

   Mayroong tatlong Natatanging mga Paksa na nauugnay sa mga anghel:
   a. Natatanging Paksa: Ang Angel ng Panginoon
   b. Natatanging Paksa: Mga Anghel at Mga Demonyo
   c. Natatanging Paksa: Ang mga Antas ng Anghel sa mga Sulat ni Pablo
4. "lahat na Kaniyang hukbo (BDB 838) – ang terminong ito ay ginamit sa dalawang mga kaunawaan
   a. sa mga panghukbong konteksto, ito ay tumutukoy sa isang makalangit na mga hukbo ng anghel
   b. sa isang astral na pagsamba, ang konteksto ito ay tumutukoy sa mga liwanag ng kalangitan (i.e., araw, buwan, mga bituin, mga kometa) na iniisip na mga diyos na nakakaapekto sa buhay ng tao; pansining ang "a" ay maaaring maiugnay sa Awit 148:2a o ang "b" ay maaaring maiugnay sa Awit 148:3 (cf. Awit 103:21)
5. "araw at buwan" – ito ang mga dakilang liwanag ng ng Genesis 1:14-16; kapwa ay ay

sinasamba sa ANE; tingnan ang Natatanging Paksa: Pagsamba sa Buwan
6. "lahat ng mga bituing maliwanag" – tingnan ang tala sa Awit 147:4
7. "langit ng mga langit" – tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Mga Langit at ang Ikatlong Kalangitan
8. "ang tubig na nasa itaas ng mga langit" – ito ay pagkabanggit sa Genesis 1:6-8; ang Diyos ang namamahala sa mga sinaunang tubig; tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Tubig

**148:5a "purihin nila"** Ito ay isang *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Ito ay nagpapakilala isang panawagan sa panalangin/pagpuri sa Manlilikha (cf. Awit 148:5b-6).

Ang "pangalan" ay kumakatawan kay YHWH mismo. Tingnan ang Natatanging Paksa: "Ang Pangalan" ni YHWH.

**148:5b** Ito ay pagkabanggit sa paglalang sa pamamagitan ng isinawikang salita ng Genesis 1 (cf. Awit 33:6,9; Hebreo 11:3).

**148:6** Ito ay isang hayperbolikong kapahayagan ng pananatili ng planetang ito at lahat ng mga kapanahunan nit (cf. Jeremias 31:35-36; 33:20,25). Nalalaman natin mula sa 2 Pedro 3:7,10-12 na ang madumi, nalugmok na paglalang ay malilinis. Mula sa agham, ang mga makabago ay nalalaman na tayo ay nabubuhay sa isang marahas, di-matatag na sanlibutan. Ang solar system na ito ay hindi walang-hanggang. Ang mga ito ay pahayag ng pananampalataya ng kawalang-hanggan ng Diyos (cf. Awit 93:1; 96:10d) at Kaniyang mga pangako sa makakakilala sa Kaniya ay makakasama Niya!

▣ **"magpakailan-kailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'olam*).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"pasiya na hindi mapapawi"** |
| **NRSV** | **"kaniyang ipinanatili ang hangganan, na hindi lilipas"** |
| **NJB** | **"sa pamamagitan ng di-nagbabagong utos"** |

Ang pariralang ito ay maaaring tumukoy sa
1. mga utos/mga plano ng Diyos (cf. Awit 33:11)
2. mga matibay na hangganan ng Diyos sa lupain/dagat/mga ilog (cf. Job 38:8-11; Awit 104:9; Jeremias 5:22)

Ang PANDIWA na "palampasin," "dumaan," "mapalampas," "mapapawi" (BDB 716, KB 778, *Qal* DI-GANAP) ay maliwanag na may malawak na semantikong pagkakagamit na maaaring itaguyod ang #1 o #2.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 148:7-12**
**7 Purihin ninyo ang Panginoon mula sa lupa,**
**Ninyong mga buwaya, at lahat ng mga kalaliman:**
**8 Apoy at granizo, nieve at singaw;**
**unos na hangin, na gumaganap ng kaniyang salita:**
**9 Mga bundok at lahat ng mga gulod;**
**mga mabungang kahoy at lahat ng mga cedro:**
**10 Mga hayop at buong kawan;**
**nagsisiusad na bagay at ibong lumilipad:**
**11 Mga hari sa lupa at lahat ng mga bayan;**
**mga pangulo at lahat ng mga hukom sa lupa:**
**12 Mga binata at gayon din ng mga dalaga;**
**mga matanda at mga bata:**

**148:7-12** Ang istropang ito ay tumutuon sa pagpuri (isang PANDIWA na sumasakop sa Awit 148:7-12, bawat linya ay pinagpapalagay na "pagpupuri") ng mga buhay na bagay sa planetang ito.

1. "mga buhaya" (BDB 1072) – ito ay ginamit sa maraming mga kaunawaan
   a. ahas – Exodo 7:9,10,12; Deuteronomio 32:33; Awit 91:13
   b. dragon – Jeremias 51:34 (also note pangalan ng ang gate sa Nehemiah 2:13)
   c. mga buhaya – tingnan sa internet ang mga tala sa Genesis 1:21; Isaias 27:1
2. "lahat ng mga kalaliman" (BDB 1062) – ito ay ginamit sa maraming mga kaunawaan
   a. mga tubig sa ilalim ng lupa (alat), cf. Genesis 7:11; 8:2; Job 28:4; 38:16; Awit 33:7; 107:23-26; 135:6; Isaias 51:10; Amos 7:4
   b. tubig tabang – kadalasang sanggunian sa pagtawid ng Dagat na Mapula, cf. Exodo 15:5,8; Awit 77:17; 78:15; 106:9; Isaias 63:13
   c. mga sinaunang tubig – Genesis 1:2; Awit 104:6-7; Pr. 8:27, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Tubig (ang tubig ay hindi sinasabing naging isinawika sa pag-iral sa Genesis 1)
   d. *Sheol* – Awit 71:20 (tingnan ang Natatanging Paksa: *Sheol*)
3. Ang Awit 148:7-8 ay nagtala ng mga panahon at mga topolohikong katangian ng mundo
4. Ang Awit 148:10 ay sinasaklaw ang lahat na nilikhang mga buhay na hayop
5. Ang Awit 148:11-12 ay tinala ang mga tao sa lahat ng mga panlipunang antas at edad

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 148:13-14**
**13 Purihin nila ang pangalan ng Panginoon;**
**sapagkat ang kaniyang pangalan magisa ay nabunyi:**
**ang kaniyang kaluwalhatian ay nasa itaas ng lupa at mga langit.**
**14 At itinaas niya ang sungay ng kaniyang bayan,**
**ang papuri ng lahat niyang mga banal;**
**sa makatuwid baga ay ng mga anak ni Israel, na bayang malapit sa kaniya.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**148:13-14** Ang istropa ay nagsisimula tulad ng Awit 148:5, na may isang *Piel* DI-GANAP ng "purihin" na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan. Ito ay tumutuon sa pagpuri na nararapat kay YHWH mula sa Kaniyang kasunduang bayan.

**148:13 "ang kaniyang pangalan magisa ay nabunyi"** Ito ay

1. isang pampanitikang kapahayagan ng monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo)
2. isang paraan ng pag-iiba kay YHWH sa sangkatauhan (cf. Isaias 2:11,17)

▣ **"kaluwalhatian"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian (*kabod*, OT).

**148:14 "sungay"** Ang Hebreo ay tinitingnan ang mga sungay ng hayop (lalo na ang "baka," cf. Deuteronomio 33:17; Awit 92:10) bilang isang kapahayagan ng kapangyarihan (cf. Awit 18:2).

1. ang mga dambana sa templo ay may mga sungay
2. isang buhay ng tao na nagpapakilala bilang isang "sungay" na
   a. itinaas (cf. 1 Samuel 2:1; Awit 89:17,24; 92:10; 112:9)
   b. inilagay sa alabok (cf. Job 16:15)
   c. tinanggal (cf. Awit 75:10)

**148:14 "lahat niyang mga banal"** Tingnan ang mga Tala sa Awit 16:10 at 145:10 sa internet.
Dito ang parirala ay pagkakaagapay sa "Kaniyang bayan." Sila ay higit na makikilala bilang

1. mga anak ng Israel
2. isang bayan na malapit sa kanila – ito sa una ay tumutukoy sa mga saserdote/mga Levita na naglilingkod sa templo ngunit sa kinalaunan ay ginamit sa lahat ng kasunduang bayan na lumuluwalhati kay YHWH

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang Awit 148:1-6 sa Awit 148:7-12?
2. Ibigay ang kahulugan ng "mga hukbo" sa Awit 148:2b. Ito ba ay nauugnay sa Awit 148:2a o 149:3?
3. Paaon maitutugma ang Awit 148:6 sa 2 Pedro 3:7,10-12?
4. Bigyang kahulugan ang "mga dambuhala ng dagat" ng Awit 148:7b.
5. Ang Awit 148:14 ba ay tinutukoy ang "pagpuri" sa Israel o kay YHWH?

# AWIT 149

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panawagan sa Israel na Purihin ang Panginoon<br>Walang Panimula sa MT | Papuri saDiyos sa Kanyang Kaligtasan at Kahatulan | Imno upang Saliwan ng isang Sayaw Pampista | Isang Imno ng Pagpupuri | Mga Awit ng Tagumpay |
| 149:1-4 | 149:1a | 149:1-9 | 149:1a | 149:1a |
| | 149:1b-c | | 149:1b-9b | 149:1b-3 |
| | 149:2-4 | | | |
| | | | | 149:4-6 |
| 149:5-9 | 149:5-9b | | | |
| | | | | 149:7-9b |
| | 149:9c | | 149:9c | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

**MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL**

A. Ito ay isang Awit na isinulat upang gunitain at magalak sa isang panghukbong tagumpay ng Israel laban sa mga kaaway na Hentil (cf. Awit 149:6b-9a).

B. Ang Israel ay pinapurihan bilang natatanging bayan ng Diyos (Awit 112).
   1. ang kapisanan ng mga maka-Diyos (sa literal, "ang kapisanan ng matatapat") – BDB 874 KAYARIAN BDB 339, Awit 149:1
   2. si YHWH ay kanilang
      a. Manlalalang (BDB 793 I, KB 889, *Qal* PANDIWARI), Awit 149:2
      b. Hari (BDB 572 I), Awit 149:2

3. Kaniyang bayan. . .ang mga naaapi, Awit 149:4
4. ang mga maka-Diyos (sa literal, “ang matapat”), Awit 149:5
5. “ang Kaniyang mga binanal” (sa literal, “mga matapat”), Awit 149:9

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 149:1-4**
**1 Purihin ninyo ang Panginoon.**
**Magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit,**
**at ng kaniyang kapurihan sa kapisanan ng mga banal.**
**2 Magalak nawa ang Israel sa kaniya na lumalang sa kaniya:**
**magalak nawa ang mga anak ng Sion sa kanilang Hari.**
**3 Purihin nila ang kaniyang pangalan sa sayaw:**
**magsiawit sila ng mga pagpuri sa kaniya na may pandereta at alpa.**
**4 Sapagkat ang Panginoon ay nalulugod sa kaniyang bayan:**
**kaniyang pagagandahin ng kaligtasan ang maamo.**

**149:1-4** Ang istropa ay nagsisimula sa dalawang pagkakaagapay *Piel* MGA PAUTOS.

1. purihin
2. magsiawit

Ang mga ito ay sinusundan ng isang kalipunan ng apat na MGA DI-GANAP na ginamit bilang MGA PANGKAUTUSAN.

1. magalak nawa ang Israel
2. magalak nawa ang Sion
3. purihin nila ang Kaniyang pangalan
4. magsiawit sila ng mga pagpuri sa kaniya

Ang salmista ay nanalangin na ang Israel ay tutugon nang nararamat sa kanilang panghukbong tagumpay sa pamamagitan ng pagkilala na ito ay mula kay YHWH at hindi sa kanilang mga sarili.

**149:1 “isang bagong awit”** Ito ay nagpapakilala ng isang pangkulturang paraa ng paggunita ng isang pangyayari (ihalintulad sa Exodo 15:1- 18,21; Mga Hukom 5:1-13; 1 Samuel 18:6; Awit 33:3; 40:3; 96:1; 98:1; Isaias 42:10).

▣ **“kapisanan”** Ito ay *Qahal* (BDB 874), na sa ang LXX, ay isinalin na *ekklesia*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Iglesiya (*ekklesia*).

▣ **“ng mga banal”** Ito ay katulad na salita na ginamit sa Awit 148:14, na nagmula sa *hesed* (BDB 339). Tingnan ang tala sa Awit 16:10 sa internet.

**149:2 “lumalang”** Ito (BDB 793 I) ay hindi tumutukoy sa paglalang ngunit sa panawagan ni Abraham at pangako sa kaniyang mga supling, na lubusang pinagtibay sa Bundok Sinai (cf. Exodo 19-20). Ito ay pagkabanggit din sa Awit 95:6; 100:3; Isaias 17:7). Si YHWH ang natatangi nilang Manlilikha, Tagapagligtas, at Kasunduang Diyos!

▣ **“kanilang Hari”** Ang teolohikong pagkaunawa ay bumabalik sa 1 Samuel 8:7, cf. Awit 47:6; 89:18. Ang Hari ng bayan ng Diyos ay dapat na maging Kaniyang kinatawan sa mundo, Kaniyang pinagkatiwalaang pastor.

▣ **“Sion”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Sion.

**149:3 “sayaw”** Ito ay nagpapahiwatig ng isang natatanging pangyayari ng pagsamba sa pagdiriwang ng
1. isang panghukbong tagumpay (cf. Exodo 15:20; Mga Hukom 11:34; 1 Samuel 18:6)
2. isang pagsambang pangyayari (cf. 2 Samuel 6:5; Awit 150:4)
3. isang pagpapanumbalik (cf. Awit 30:11; na may kaugnayan sa, “higaan” [BDB 1012] maaaring tumukoy sa isang lugar kung saan makikita ang mga maysakit na tao, cf. Exodo 21:18; Job 33:19)

**149:4 “ng mga maamo”** Bagaman ang ugat na ito (BDB 776) ay tumutukoy sa mahirap at nangangailangan, na kadalasang ginamit sa mga pinagmamalupitan mga tao ng Diyos.

▣ **“kaligtasan”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan (OT).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 149:5-9**
**5Pumuri nawa ang mga banal sa kaluwalhatian:**
**magsiawit sila sa kagalakan sa kanilang mga higaan.**
**6Malagay nawa sa kanilang bibig ang pinakamataas na pagpuri sa Diyos,**
**at tabak na may dalawang talim sa kanilang kamay;**
**7Upang magsagawa ng panghihiganti sa mga bansa,**
**at mga parusa sa mga bayan;**
**8Upang talian ang kanilang mga hari ng mga tanikala,**
**at ang kanilang mga mahal na tao ng mga panaling bakal;**
**9Upang magsagawa sa kanila ng hatol na nasusulat:**
**mayroon ng karangalang ito ang lahat niyang mga banal.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**149:5-9** Ang istropang ito ay may tatlong mga kahilingan sa panalangin na ginagamit ng MGA DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan.
1. pumuri
2. magsiawit sa kagalakan
3. isang pagpapalagay na “maging” na PANDIWA sa Awit 149:6a

Ang istropang ito ay pinagsasama sa isang panalangin upang
1. magalak ang bayan ng Diyos
2. hatulan ng mga kaaway ng Diyos

**149:5 “ang mga banal”** Ito ay mula sa ugat na *hesed* (BDB 339, tingnan ang Natatanging Paksa: Kagandahang-loob [*hesed*]). Ito ay kadalasang ginamit at nagpapakilala sinumang matapat sa kasunduan.

Ang ibang termino na ginamit para sa matapat na mga taga-sunod ay mula sa ugat na *kadosh* (BDB 872, tingnan ang Natatanging Paksa: Banal), na nagpapakilala ng isang inihiwalay para sa paglilingkod kay YHWH.

Ang mga “maka-Diyos” ay hindi walang kasalanan ngunit mayroong pananampalataya, masunurin, at nagsisising pakikipag-ugnayan kay YHWH.

▣ **“kaluwalhatian”** Ang Hebreong ugat (BDB 458, tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian [*kabod*]) ay mahirap bigyang kahulugan. Ito ay may isang malawak na semantikong pagkakagamit. Iniisip ng AB (p. 357) na ito ay isang titulo para kay YHWH, “kanilang Isang Maluwalhati.”

▣ **“magsiawit sila sa kagalakan sa kanilang mga higaan”** Ito ay isang nakakagulat na lugar ng “pumuri. . .magsiawit.” Ito ay dapat na paglalarawang wika ng isang tao na may kagalakan, mapayapang puso na natutulog nang mahimbing! Ito ay ang kasalungat ng Awit 6:7.

Ito ay tiyak na maaari (Tyndale, *OT Commentary Series*, tomo 16, Awit, p. 527) na "higaan" ay tumutukoy sa pagsandal sa isang hapag kainan at, samakatuwid, umaawit at nagagalak sa isang matagumpay na piging!

**149:6** Ang mapayapang pag-uugali ng Awit 149:5 ay maitutugma sa panghukbong kahandaan. Mayroong kapayapaan dahil ipinagkaloob ni YHWH sa Kaniyang kasunduang bayan ang tagumpay laban sa mga nakapaligid na bansa (cf. Awit 149:7-8).

▣ **"pinakamataas ng pagpuri"** Ang KAYARIAN (BDB 928, KB 1206 at BDB 42) ay makikita lamang dito at maaaring sa Awit 66:17.

▣ **"tabak sa kanilang kamay"** Ang pariralang ito ay maaaring tumukoy sa

1. pampanitikang paglalarawan ng isang nakalipas na tagumpay
2. isang simboliking pagsayaw ng mga saserdote
3. paghahanda para sa isang napipintong digmaan

**149:7** Ang ilang ay nakikita ang talatang ito sa isang eskatolohikong kalalagayan ngunit ito ay tumutugma sa anumang tagumpay sa kasaysayan ng Isreal laban sa mga nakapalibot na bansa ng ANE.

▣ **"panghihiganti"** Para sa isang mabuti, maikling pagtalakay ng teolohikong konseptong ito sa OT, tingnan ang NIDOTTE, tomo 4, pp. 1140-1149. Kung si YHWH ay hindi nagdadala ng katarungan sa buhay na ito, dapat ay mayrong isang kabilang buhay.

**149:9a "hatol na nasusulat"** Ito ay tumutukoy sa

1. mga pangako ng "Banal na Digmaan", gaya ng sa ang Exodo at Pananakop
2. mga bunga ng mga pangako ng "pagsumpa at pagpapala" ng Levitico 26 at Deuteronomio 27-30
3. isang pagkabanggit mga bahagi ng propesiya sa kahatulan ng mga bansa (i.e., Jeremias 46-51)
4. isang mabuting halimbawa ng ganitong uri ng "kapayapaang pangako" ay Ezekiel 28:26; 34:25-28; 38:8

**149:9b** Ang tagumpay na idinulot ni YHWH ay magbubunga ng karangalan sa kasunduang bayan (cf. Awit 1121).

**149:9c** Ang mga Awit 146-150 lahay ay nagsimula at nagwakas sa "Hallelujah," isang *Piel* PAUTOS ng "pagpuri," o isang pagdadaglat kay YHWH.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sa anong mga pagkakataon inawit ang "isang bagong awit"?
2. Ang Awit 149:2a ba ay tumutukoy sa Genesis 1 o Genesis 12?

3. Ang Awit ba ay tungkol sa isang nakalipas na panghukbong tagumpay o isang panghinaharap?
4. Ang Bibliya ba sa kabuuan ay nagbibigay-diin sa kahatulan ng mga bansa o ang pagsasama ng mga bansa?
5. Sino ang mga banal o maka-Diyos sa Awit 149:1,5,9?

# AWIT 150

## MGA PAGHAHATI NG ISTROPA SA MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Isang Awit ng Pagpupuri<br>Walang Panimula sa MT | Lahat ng Bagay ay Magpuri sa Panginoon | Tandang pang-Doxolohiya sa Hulihan ng Salmo | Paruhin ang Panginoon | Pangwakas na Koro ng Pagpuri |
| 150:1-2 | 150:1a | 150:1-2 | 150:1a | 150:1a |
| | 150:1b-c | | 150:1b-2 | 150:1b-2 |
| | 150:2 | | | |
| 150:3-6 | 150:3-5 | 150:3-6 | 150:3-6b | 150:3-6a |
| | 150:6a | | | |
| | 150:6b | | 150:6c | 150:6b |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa pambungad na bahagi)**
***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa (tapusang pagbasa #3, p. xvi). Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Atbp.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 150:1-2**
**1 Purihin ninyo ang Panginoon.**
**Purihin ninyo ang Diyos sa kaniyang santuario:**
**purihin ninyo siya sa langit ng kaniyang kapangyarihang kalawakan.**
**2 Purihin ninyo siya dahil sa kaniyang mga makapangyarihang gawa:**
**purihin ninyo siya ayon sa kaniyang marilag na kadakilaan.**

**150:1-6** Ang tanging PANDIWA ay "purihin" (BDB 237, B 248) na ginamit nang labintatlong beses.
1. labindalawang *Piel* MGA PAUTOS (sa Awit 146-150, tatlumpu't-tatlong beses)
2. isang *Piel* DI-GANAP na ginamit sa isang PANGKAUTUSAN na kaunawaan (cf. Awit 150:6a)

Pansinin ang MGA PANGHALIP.
1. sa isang lugar

a. sa Kaniyang santuario
b. sa Kaniyang kapangyarihang kalawakan
2. dahil sa
a. Kaniyang mga makapangyarihang gawa
b. Kaniyang marilag na kadakilaan
3. na may instrumentong pangmusiko (kung anong uri ay hindi palaging maliwanag)
a. trumpeta (BDB 1051)
b. salterio (BDB 490, cf. 2 Samuel 6:5)
c. alpa (BDB 614, cf. 2 Samuel 6:5)
d. pandereta (BDB 1074)
e. mga manugtog na kawad (BDB 577 I)
f. flauta (BDB 721, NIDOTTE, tomo 3, p. 334)
g. mga simbalo (BDB 852, cf. 2 Samuel 6:5)
4. na may sayaw, Awit 150:4
5. na may hininga, Awit 150:6

**150:1** Ang talatang ito ay maaaring isang pampanitikang paraan sa pag-aagapay ng Awit 150:6a.

Ang "santuario" (i.e., templo o sa lupa, cf. Awit 148:7-12; ang LXX ay may "sa gitna ng Kaniyang mga banal") na nagpapakilala ng mundo at ng "kalawakan" (ang makalangit na nasasakupan, cf. Awit 148:1-4).

Ito ay maaaring kapwa ang Awit 150:1b at 1c ay tumutukoy sa tahanan (cf. Awit 11:4) ni YHWH (*El* sa Awit 150:1b).

**150:2 "Kaniyang mga makapangyarihang gawa"** Tingnan ang mga tala sa Awit 145:4,5,6,7,9,12.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 150:3-6**

**3 Purihin ninyo siya ng tunog ng trumpeta:**
**purihin ninyo siya ng salterio at alpa.**
**4 Purihin ninyo siya ng pandereta at sayaw:**
**purihin ninyo siya ng mga panugtog na kawad at ng flauta.**
**5 Purihin ninyo siya ng mga matunog na simbalo.**
**Purihin ninyo siya sa pinaka matunog na mga simbalo.**
**6 Purihin ng bawat bagay na may hininga ang Panginoon.**
**Purihin ninyo ang Panginoon.**

**150:3 "trumpeta"** Ang mga ito ay inihipan ng mga saserdote. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Sungay na Ginamit ng Israel.

▣ **"salterio at alpa"** Ang mga ito ay mga instrumento na ginamit ng mga Levita sa pagsamba sa templo (cf. 1 Cronica 15:16; 2 Cronica 29:25; Nehemiah 12:27).

**150:6a** Anong isang napakagandang paraan ng paghahayag ng mga may-buhay na nilalang (tao at hayop) na pinupuri ang Manlilikha (cf. Awit 103:19-22; 145:21; 148:7-12).

# DAGDAG DAHON ISA – PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na nag-aalintana sa mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na perpektibo. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinangagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesya.

2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan.. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.

3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na agbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasarili. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.

5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanang buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na personal na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.

7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay presente sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministeryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesya. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay nasa biblikal na panahon.

9. Ang Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesukristo bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng

teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

"Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig."